
Ellen G. White Estate

# BUKAL NG BUHAY



ELLEN G. WHITE

# Bukal Ng Buhay

Ellen G. White

1995

Copyright © 2012
Ellen G. White Estate, Inc.

# Information about this Book

## Overview

This eBook is provided by the Ellen G. White Estate. It is included in the larger free Online Books collection on the Ellen G. White Estate Web site.

## About the Author

Ellen G. White (1827-1915) is considered the most widely translated American author, her works having been published in more than 160 languages. She wrote more than 100,000 pages on a wide variety of spiritual and practical topics. Guided by the Holy Spirit, she exalted Jesus and pointed to the Scriptures as the basis of one's faith.

## Further Links

A Brief Biography of Ellen G. White
About the Ellen G. White Estate


## End User License Agreement

The viewing, printing or downloading of this book grants you only a limited, nonexclusive and nontransferable license for use solely by you for your own personal use. This license does not permit republication, distribution, assignment, sublicense, sale, preparation of derivative works, or other use. Any unauthorized use of this book terminates the license granted hereby.


## Further Information

For more information about the author, publishers, or how you can support this service, please contact the Ellen G. White Estate at mail@whiteestate.org. We are thankful for your interest and feedback and wish you God's blessing as you read.

# Paunang Salita

Sa mga puso ng lahat ng sangkatauhan, maging anuman ang lahi o katayuan sa buhay, ay may mga di-maipahayag na mga paglulunggati para sa mga bagay na ngayo'y di nila tinataglay. Ang paglulunggating ito ay natanim sa kabuuan ng mga tao sa pamamagitan ng mahabaging Diyos, upang ang tao ay di lamang masiyahan sa kasalukuyan niyang kalagayan o naabot, maging ito'y masama, o mabuti, o higit pang mabuti. Nais ng Diyos na ang tao'y hanapin ang mabuti at masumpungan ito para sa walang-hanggang pagpapala ng kaniyang kaluluwa.

Si Satanas, sa pamamagitan ng tusong pamamaraan at kasanayan, ay inilisya ang mga paglulunggating ito ng puso ng tao. Pinapaniwala niya ang tao na ang paglulunggating ito ay masisiyahan sa pamamagitan ng kaaliwan, ng kayamanan, ng kaluwagan, ng katanyagan at ng kapangyarihan; subalit yaong mga nadaya niya (na marami sa bilang) ay masusumpungang ang lahat ng mga bagay na ito ay nauuwi lamang sa pandama, na iniiwan ang kaluluwa na hungkag at di-nasisiyahan tulad ng una.

Panukala ng Diyos na ang paglulunggating ito ng puso ng tao ay maakay roon sa Isa, na Siya lamang makapagbibigay-kasiyahan dito. Ang pagnanasa ay sa Kaniya, upang maakay sa Kaniya, ang kapuspusan at katuparan ng paglulunggating yaon. Ang kapuspusang yaon ay masusumpungan kay Jesus na Siyang Kristo, ang Anak ng Walang-hanggang Diyos. "Sapagka't kaluguran ng Ama na sa Kaniya'y manahan ang buong kapuspusan;" "sapagka't sa Kaniya nananahan ang buong kapuspusan ng pagka-Diyos." At totoo rin naman na "sa Kaniya kayo'y nangapuspos" ayon sa bawa't lunggating [4]
banal na naitanim at matamang nasubaybayan.

Tinatawag Siya ni Hagai "Ang Lunggati ng lahat ng mga bansa," at maaari rin natin Siyang tawaging ang "Lunggati sa lahat ng kapanahunan," na gaya rin sa Siya na "Hari ng mga kapanahunan."

Layunin ng aklat na ito na itampok si Jesu-Kristo bilang Isa na makapagbibigay-kasiyahan sa bawa't pananabik. Maraming "Buhay

ni Kristo” na mga aklat ang mahuhusay na nasulat, maraming mga pagkukunan ng mga kabatiran, pinagbuting mga sanaysay tungkol sa pagkakasunud-sunod na mga pangyayari at magkaka panahong kasaysayan, mga kaugalian, at mga pangyayari, na maraming itinuturo at tumatanaw sa maraming panig ng buhay ni Jesus ng Nazareth. Datapwa’t tunay na masasabing, “ang kalahati ay di pa naibabalita.”

Hindi nga, kung gayon, layunin ng gawaing ito na itampok ang isang pagkakatugma ng mga Pabalita, o di kaya’y ibigay ang wastong pagkakasunud-sunod ng mahahalagang mga pangyayari at kahanga-hangang mga aral sa buhay ni Kristo; ang layunin nito ay upang ihayag ang pag-ibig ng Diyos tulad ng pagkahayag sa Kaniyang anak, ang banal na karilagan ng buhay ni Kristo, na ang lahat ay makababahagi, at hindi upang bigyang kasiyahan ang mga lunggatiin ng mga mauusisa, ni ang mga pagtatanong ng mga mamumula. Kundi sa pamamagitan ng mapang-akit na kabutihan ng kaniyang likas, nailapit ni Jesus ang mga alagad sa Kaniyang sarili, at sa pamamagitan ng Kaniyang sarilinang pakikisama, sa pamamagitan ng Kaniyang mahabaging paghipo’t pagdama sa lahat nilang mga kahinaan at mga pangangailangan at sa pamamagitan ng Kaniyang malimit na pakikihalubilo, nabago ang kanilang mga pag-uugali, mula sa pagiging makalupa tungo sa pagiging makalangit, mula sa pagiging masakim tungo sa pagiging mapagpaubaya,
[5] mula sa kaliitan ng puso sa kamangmangan at masamang akala, tungo sa kalakhan ng puso sa kaalaan at masidhing pag-ibig para sa mga kaluluwa ng lahat ng mga bansa at mga lahi, gayon din naman layunin ng aklat na ito na ihayag ang pinagpalang Manunubos upang tulungan ang mambabasa na lumapit sa Kaniya ng mukhaan, ng puso sa puso, at masumpungang sumasa Kaniya, na tulad sa mga alagad noong una, si Jesus na Makapangyarihan, Siya na Nagligtas “hanggang sa Kaitaasan,” at mabago sa banal Niyang wangis lahat ng nagsisilapit sa Diyos sa pamamagitan Niya. Subalit, napakahirap ihayag ang Kaniyang buhay! Katulad ito ng pagtatangkang isalin sa kambas ang buhay na bahaghari; sa pagbibigay-buhay sa pagsulat ng pinakamatamis na tugtugin.

Sa mga pahinang sumusunod, ang may-akda, na isang babaing may malaki at malalim at mahabang karanasan sa mga bagay ng Diyos, ay naitampok ang panibagong mga karilagan mula sa buhay ni Jesus. Nakapagdala siya ng bagong mga hiyas mula sa napaka-

halagang sisidlan. Binubuksan niya sa harap ng bumabasa ang mga di-pinangarap na kayamanan mula sa lalagyan ng di-maubos na yaman. Bago at maluluningning na liwanag ang kumikislap mula sa mga kilalang sipi, na ang kaibuturan ay nanasain ng bumabasa, bago niya matarok. Sa pagsasalaysay ng maikli, inihahayag si Jesu-Kristo bilang Kapuspusan ng pagka-Diyos, ang walang-hanggang mahabaging Tagapagligtas ng mga makasalanan. Ang Araw ng Katuwiran, ang maawain at Dakilang Saserdote, ang Tagapagpagaling ng lahat ng mga karamdaman ng tao at mga sakit, ang magiliwin at mapagmahal na Kaibigan, ang sa tuwina ay madamaying Kasama, ang Prinsipe sa bahay ni David, ang Kalasag ng Kaniyang bayan, ang Prinsipe ng Kapayapaan, ang Haring dumarating, ang Walang Hanggang Ama, ang hangganan at bunga ng mga lunggatiin at pag-asa ng lahat ng mga kapanahunan.

Sa ilalim ng pagpapala ng Diyos ang aklat na ito ay ibinibigay [6]
sa sanlibutan lakip ang dalangin na ang Panginoon sa pamamagitan ng Kaniyang Espiritu ay gagawin ang mga salita ng aklat na ito na mga salita ng buhay sa maraming kaluluwa na ang mga lunggatiin at paghahangad ay hindi pa mabibigyang kasiyahan; upang "makilala nila Siya, at ang kapangyarihan ng Kaniyang pagkabuhay na mag-uii at ang pakikiramay sa Kaniyang mga paghihirap," at katapus-tapusan, sa pamamagitan ng pagpapalang walang-hanggan, at sa kanan Niyang kamay, ay makabahagi ng "puspos na kagalakan at kaligayahan magpakailanman," "na mahihinog na bunga niyaong nakasumpong ng lahat-lahat sa Kaniya," ang Pinakapuno sa sampung libo, at "ang Isa na kaibig-ibig sa lahat."

Mga Tagapaglimbag

[7]

# Contents

Information about this Book . . . i
Paunang Salita . . . iii
Kabanata 1—“Sumasaatin ang Diyos” . . . 9
Kabanata 2—Ang Bayang Hinirang . . . 19
Kabanata 3—“Ang Kapuspusan ng Panahon” . . . 24
Kabanata 4—Sa Inyo ay Isang Tagapagligtas . . . 31
Kabanata 5—Ang Pagtatalaga . . . 37
Kabanata 6—“Aming Nakita ang Kaniyang Bituin” . . . 46
Kabanata 7—Sa Pagiging Isang Bata . . . 55
Kabanata 8—Ang Pagdalaw sa Kaarawan ng Paskuwa . . . 64
Kabanata 9—Mga Araw ng Tunggalian . . . 74
Kabanata 10—Ang Tinig sa Ilang . . . 83
Kabanata 11—Ang Pagbibinyag . . . 97
Kabanata 12—Ang Pagtukso . . . 103
Kabanata 13—Ang Tagumpay . . . 115
Kabanata 14—“Nasumpungan Namin ang Mesiyas” . . . 123
Kabanata 15—Sa Piging sa Kasalan . . . 136
Kabanata 16—Sa Kaniyang Templo . . . 148
Kabanata 17—Si Nicodemo . . . 162
Kabanata 18—“Siya’y Kinakailangang Dumakila” . . . 173
Kabanata 19—Sa Balon ni Jacob . . . 178
Kabanata 20—“Malibang Kayo’y Makakita ng mga Tanda at mga Kababalaghan” . . . 192
Kabanata 21—Bethesda at Sanedrin . . . 197
Kabanata 22—Ang Pagkabilanggo at Pagkamatay ni Juan . . . 215
Kabanata 23—“Malapit na ang Kaharian ng Diyos” . . . 230
Kabanata 24—“Hindi Baga Ito ang Anak ng Anluwagi’?” . . . 236
Kabanata 25—Ang Tawag sa Tabi ng Dagat . . . 246
Kabanata 26—Sa Capernaum . . . 254
Kabanata 27—“Maaaring Malinis Mo Ako” . . . 267
Kabanata 28—Si Levi-Mateo . . . 280
Kabanata 29—Ang Sabbath . . . 292
Kabanata 30—Naghalal Siya ng Labindalawa . . . 302
Kabanata 31—Ang Sermon sa Bundok . . . 312

Kabanata 32—Ang Senturyon . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 333
Kabanata 33—“Sinu-sino ang Aking mga Kapatid?” . . . . . . . . . 340
Kabanata 34—Ang Paanyaya . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 349
Kabanata 35—“Pumayapa Ka, Tumahimik Ka” . . . . . . . . . . . . 355
Kabanata 36—Ang Hipo ng Pananampatataya . . . . . . . . . . . . . . 366
Kabanata 37—Ang Unang mga Ebanghelista . . . . . . . . . . . . . . 372
Kabanata 38—“Magsiparito Kayo at Magpahingang Sandali” 385
Kabanata 39—“Bigyan Ninyo Sila ng Makakain” . . . . . . . . . . 392
Kabanata 40—Isang Gabi sa Dagat . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 402
Kabanata 41—Ang Krisis sa Galilea . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 410
Kabanata 42—Ang Sali’t Saling Sabi . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 426
Kabanata 43—Iginiba ang mga Hadlang . . . . . . . . . . . . . . . . . . 432
Kabanata 44—Ang Tunay na Tanda . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 439
Kabanata 45—Ang Anino ng Krus . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 447
Kabanata 46—“Siya’y Nagbagong-Anyo” . . . . . . . . . . . . . . . . . 459
Kabanata 47—Ang Ministeryo . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 465
Kabanata 48—“Sino ang Pinakadakila?” . . . . . . . . . . . . . . . . . . 472
Kabanata 49—Sa Pista ng mga Tabernakub . . . . . . . . . . . . . . . . 486
Kabanata 50—Sa Gitna ng mga Silo . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 495
Kabanata 51—Ang Ilaw ng Kabuhayan . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 506
Kabanata 52—Ang Diyos na Pastor . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 522
Kabanata 53—Ang Huling Paglalakbay Buhat sa Galilea . . . . 530
Kabanata 54—Ang Mabuting Samaritano . . . . . . . . . . . . . . . . . 542
Kabanata 55—Hindi sa Panlabas na Pagpapakita . . . . . . . . . . . 550
Kabanata 56—Pinagpala ang mga Bata . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 556
Kabanata 57—“Isang Bagay ang Kulang sa lyo” . . . . . . . . . . . 563
Kabanata 58—“Lazaro, Lumabas Kal” . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 569
Kabanata 59—Mga Lihim na Pakana ng mga Saserdote . . . . . 584
Kabanata 60—Ang Kautusan ng Bagong Kaharian . . . . . . . . . . 591
Kabanata 61—Si Zaqueo . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 597
Kabanata 62—Ang Piging sa Bahay ni Simon . . . . . . . . . . . . . . 603
Kabanata 63—“Ang Inyong Hari ay Naparirito” . . . . . . . . . . . . 617
Kabanata 64—Isang Bayang Hinatulan . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 628
Kabanata 65—Ang Templo Nalinis na Muli . . . . . . . . . . . . . . . 637
Kabanata 66—Ang Pagtatalo . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 653
Kabanata 67—Sa Aba ng mga Pariseo . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 664
Kabanata 68—Sa Labas ng Patyo . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 679
Kabanata 69—Sa Bundok ng mga Olibo . . . . . . . . . . . . . . . . . . 687

Kabanata 70—“Ang Pinakamaliit sa Aking mga Kapatid” . . . . 700
Kabanata 71—Isang Alipin ng mga Alipin . . . . . . . . . . . . . . . . . 707
Kabanata 72—“Sa Pag-aalaala sa Akin” . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 719
Kabanata 73—“Huwag Magulumihanan ang Inyong Puso” . . . 730
Kabanata 74—Gethsemane . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 754
Kabanata 75—Sa Harap ni Anas at ng Hukuman ni Caipas . . . 768
Kabanata 76—Si Judas . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 787
Kabanata 77—Sa Bulwagan ng Hukuman ni Pilato . . . . . . . . . 797
Kabanata 78—Ang Kalbaryo . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 820
Kabanata 79—“Naganap Na” . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 840
Kabanata 80—Sa Libingan ni Jose . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 850
Kabanata 81—“Nagbangong Muli ang Panginoon” . . . . . . . . . 863
Kabanata 82—“Bakit Ka Umiiyak?” . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 872
Kabanata 83—Ang Pagkkad Patungo sa Emaus . . . . . . . . . . . . 879
Kabanata 84—“Kapayapaan ang Sumainyo” . . . . . . . . . . . . . . . 885
Kabanata 85—Sa Tabi ng Dagat Minsan Pa . . . . . . . . . . . . . . . . 893
Kabanata 86—“Magsiyaon Kayo, Turuan Ninyo ang Lahat
ng mga Bansa” . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 902
Kabanata 87—“Sa Aking Ama, at sa Inyong Ama” . . . . . . . . . 917
Pangkalahatang Taluntunan . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 925

# Kabanata 1—“Sumasaatin ang Diyos”

“Ang kaniyang pangalan ay tatawaging Emmanuel, ... sumasaatin ang Diyos.” “Ang liwanag ng pagkakilala sa kaluwalhatian ng Diyos” ay nakikita “sa mukha ni Jesukristo.” Noon pa mang mga panahong walang-pasimula ay kasama-sama na ng Ama ang Panginoong Jesukristo; Siya ang “larawan ng Diyos,” ang larawan ng Kaniyang kadakilaan at kamahalan, “ang kinang ng Kaniyang kaluwalhatian,” Kaya Siya naparito sa ating sanlibutan ay upang ihayag ang kaluwalhatiang ito. Sa sanlibutang ito na pinadilim ng kasalanan ay naparito Siya upang ihayag ang liwanag ng pag-ibig ng Diyos—upang maging “sumasaatin ang Diyos.” Kaya nga ang hula tungkol sa Kanya, “Ang Kaniyang pangalan ay tatawaging Emmanuel.”

Sa pamamagitan ng pagparito ni Jesus upang makipamayan sa atin, ay inihayag Niya ang Diyos sa mga tao at sa mga anghel. Siya ang Verbo o Salita ng Diyos—alalaong baga’y iparirinig Niya ang kaisipan ng Diyos. Sa Kaniyang panalangin para sa Kaniyang mga alagad ay sinabi Niya, “Ipinahayag Ko sa kanila ang Iyong pangalan,”—“mahahabagin at mapagbiyaya, mapagpahinuhod, at sagana sa kabutihan at katotohanan,”—“upang ang pag-ibig na Iyong iniibig sa Akin ay mapasakanila, at Ako’y sa kanila.” Nguni’t ang pagha- [12]
hayag na ito ay hindi lamang para sa mga anak Niyang tagalupa. Ang ating maliit na sanlibutan ay siyang aklat-aralan ng buong santinakpan. Ang kahanga-hangang layunin ng biyaya ng Diyos, ang hiwaga ng Kaniyang tumutubos na pag-ibig, ay siyang paksang “minimithing tunghan ng mga anghel,” at siya nilang pag-aaralan sa buong panahong walangkatapusan. Ang krus ni Kristo ay siyang magiging agham at awit ng mga tinubos at di-nagkasalang mga kinapal. Saka makikita na ang kaluwalhatiang lumiliwanag sa mukha ni Jesus ay siyang kaluwalhatian ng nagpapakasakit na pag-ibig. Sa liwanag na nagbubuhat sa Kalbaryo ay makikita na ang batas ng di-makasariling pag-ibig ay siyang batas ng buhay para sa lupa at sa langit; na ang pag-ibig na “hindi hinahanap ang kaniyang sarili” ay

bumubukal sa puso ng Diyos; at sa Isang maamo at mapagpakumbabang-loob ay nahahayag ang likas Niyaong tumatahan sa liwanag na di-malalapitan ng sinumang tao.

Noong pasimula, ang Diyos ay nahayag sa lahat ng mga gawang nilalang. Si Kristo ang naglatag ng mga langit, at naglagay ng mga patibayan ng lupa. Kamay Niya ang nagbitin ng mga sanlibutan sa kalawakan ng himppawid, at humugis sa mga bulaklak sa parang. "Lakas Niya ang naglagay na matibay sa mga bundok." "Ang dagat ay Kaniya, at Kaniyang ginawa." Mga Awit 65:6; 95:5. Siya ang pabalita ng pag-ibig ng Ama.

Ngayo'y nadungisan na ng kasalanan ang napakasakdal na gawa ng Diyos, gayon pa ma'y nananatili pa rin ang pagkakatitik. Hanggang ngayon pa man ay ipinahahayag pa rin ng lahat na mga bagay na nilalang ang kaluwalhatian ng Kaniyang kamahalan. Liban sa makasariling puso ng tao, ay wala ni isa mang bagay na nabubuhay sa sarili. Walang ibong sumasalimbay sa himpapawid, walang hayop na gumagalaw sa lupa, na hindi naglilingkod sa ibang may buhay. Wala isa mang dahon sa gubat, o isa mang uhay ng damo, na hindi
[13] may kaniyang pinaglilingkuran. Bawa't kahoy at damo at dahon ay nagbubuhos ng elemento ng buhay na kung wala ito ay walang mabubuhay na tao o hayop; at ang tao at hayop naman, ay kapuwa tumutulong sa ikabubuhay ng kahoy at damo at dahon. Ang mga bulakbulak ay nagsasabog ng bango at nagkakadkad ng ganda upang paligayahin ang sanlibutan. Ang araw ay nagsasabog ng kaniyang liwanag upang pasayahin ang libong mga sanlibutan. Ang malalawak na karagatan, na siyang pinagbubuhatan ng lahat ng ating mga bukal, ay tumatanggap din ng lahat ng agos na galing sa lahat ng lupain, at ito ay tinatanggap niya upang ibigay din. Ang mga ulap na pumapaitaas ay bumabagsak sa anyong ulan upang diligin ang lupa, at nang ito naman ay sibulan ng halaman at magbunga.

Ang mga anghel ng kaluwalhatian ay lumiligaya sa gawaing pagbibigay—pagbibigay ng pag-ibig at walangpagod na pagbabantay sa mga taong liko at makasalanan. Sinusuyo nila ang mga puso ng mga tao; dinadala nila sa madilim na lupang ito ang liwanag na buhat sa mga bulwagan ng kalangitan; sa pamamagitan ng magiliw at matiyagang paglilingkod ay inuudyukan nila ang diwa ng tao, upang ang waglit ay maibalik sa pakikisama kay Kristo, pakikisamang higit na mahigpit kaysa nalalaman nila.

Nguni’t ang mga iyan ay mga mababang halimbawa, sa kay Jesus ay nakikita natin ang Diyos. Kung tumitingin tayo kay Jesus ay nakikita nating ang pagbibigay ay ikinaluluwalhati ng Diyos. “Wala Akong ginagawa sa Aking sarili,” wika ni Kristo; “sinugo Ako ng Amang buhay, at Ako’y nabubuhay dahil sa Ama.” “Hindi Ko hinahanap ang Aking sariling kaluwalhatian,” kundi ang ikaluluwalhati Niyaong nagsugo sa Akin. Juan 8:28; 6: 57; 8:50; 7:18. Sa ganitong pangungusap ay inihahayag ang dakilang simulaing siyang batas ng buhay sa buong sansinukob. Lahat ay tinatanggap ni Kristo sa Diyos, nguni’t tinatanggap Niya upang ibigay. Gayon sa mga korte [14]
sa langit, sa Kaniyang paglilingkod sa lahat ng mga kinapal: sa pamamagitan ng sinisintang Anak, ang buhay na nagbubuhat sa Ama ay dumadaloy palabas patungo sa lahat; sa pamamagitan ng Anak ito’y bumabalik, sa masaya’t may pagpupuring paglilingkod, isang agos ng pag-ibig, na patungo sa dakilang Bukal ng lahat. Kaya sa pamamagitan ni Kristo ay nahuhusto ang ikot ng kaawaan, na siyang batas ng buhay, na kumakatawan sa likas ng dakilang Tagapagbigay.

Sa langit na rin ay nasira ang batas na ito. Ang kasalanan ay nagbuhat sa pagkamakasarili. Si Lucifer, na kerubing tumatakip, ay naghangad na maging una sa langit. Kaniyang sinikap na pagpunuan ang mga tagalangit, na maihiwalay sila sa Lumalang sa kanila, at siya ang igalang at sambahin. Upang magawa niya ito ay pinasama niya ang Diyos, at pinagbintangang nagpapalalo. Sinikap niyang ang sarili niyang masasamang likas ay siya niyang maibintang sa mapagmahal na Maykapal. Sa ganito’y nadaya niya ang mga anghel. Sa ganito rin nadaya niya ang mga tao. Naakay niya silang mag-alinlangan sa salita ng Diyos, at di-pagtiwalaan ang Kaniyang kagandahang-loob. At dahil sa ang Diyos ay Diyos ng katarungan at ng kakila-kilabot na kamaharlikaan, ay inuudyukan sila ni Satanas na Siya’y ituring na mabagsik at di-nagpapatawad. Sa ganito niya nahila ang mga tao na sumama sa kaniya sa paghihimagsik laban sa Diyos, at sa gayo’y lumapag sa sanlibutan ang dilim ng sumpa.

Dumilim ang lupa dahil sa di-pagkakilala sa Diyos. Upang mapagliwanag ang makakapal na ulap ng kadiliman, at upang maibalik sa Diyos ang sanlibutan, ay kailangang sirain ang mapanlinlang na kapangyarihan ni Satanas. Ito’y hindi madadaan sa dahas. Ang paggamit ng dahas ay laban sa mga simulain ng pamahalaan ng Diyos; ang hinihingi lamang Niya ay ang paglilingkod na dahil sa

[15] pag-ibig at pagmamahal; at ang pag-ibig ay hindi mauutusan; hindi ito nakukuha sa dahas o sa lakas. Pagig lamang ang nakapupukaw sa kapwa pag-ibig. Para makilalang Diyos ay kailangang ibigin Siya; ang Kaniyang likas at katutubo ay dapat makitang naiiba sa likas ni Satanas. Iisa lamang sa buong santinakpan ang makagagawa nito. Siya lamang na nakatarok ng taas at lalim ng pag-ibig ng Diyos ang makapaghahayag nito. Sa madilim na gabi ng sanlibutan ay dapat sumilang ang Araw ng Katuwiran, na "may kagalingan sa Kaniyang mga pakpak." Malakias 4:2.

Ang panukalang pagtubos sa atin ay hindi isang paraang inisip ng Diyos nang mangyari na ang pagkakasala ni Adan. Ito'y isang paghahayag ng "hiwagang natago sa katahimikan sa buong panahong walang-hanggan." Roma 16:25, R.V. Ito ay paglalantad ng mga simulaing buhat nang mga panahong walang-hanggan ay siya nang kinasaligan ng luklukan ng Diyos. Buhat pa nang una, ay alam na ng Diyos at ni Kristo ang gagawing pagtataksil ni Satanas, at ang pagkahulog ng tao dahil sa mapanlinlang na kapangyarihan ng taksil. Hindi itinalaga ng Diyos na lumitaw ang kasalanan, nguni't nakita Niyang ito'y lilitaw, kaya't gumawa Siya ng panukala upang sagupain ang sakuna. Gayon na lamang kalaki ang Kaniyang pag-ibig sa sanlibutan, na anupa't nakipagtipan Siyang ibibigay Niya ang Kaniyang bugtong na Anak, "upang ang sinumang sa Kaniya'y sumampalataya ay huwag mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang-hanggan." Juan 3:16.

Sinabi ni Lucifer, "Itataas ko ang aking luklukan sa itaas ng mga bituin ng Diyos; ... Ako'y magiging gaya ng Kataas-taasan." Isaias 14:13, 14. Datapwa't si Kristo naman, "bagama't nasa anyong Diyos, ay hindi Niya inaring isang bagay na dapat panangnan ang pagkakapantay Niya sa Diyos, kundi bagkus hinubad Niya ito, at
[16] nag-anyong alipin, na nakitulad sa mga tao." Filipos 2:6, 7 R.V.

Ito ay isang kusang paghahain. Maaaring huwag umalis si Jesus sa piling ng Ama. Maaari Niyang papanatilihin o taglay-taglayin ang kaluwalhatian ng langit, at ang pagsamba sa Kaniya ng mga anghel. Nguni't pinili Niyang ibalik ang setro sa kamay ng Ama, at manaog sa trono ng santinakpan, upang maihatid Niya ang liwanag sa nadirimlan, at ang buhay sa napapahamak.

Noong magdadalawang libong taon na ngayon ang nakararaan, isang tinig na may mahiwagang kahulugan ang narinig sa langit

mula sa luklukan ng Diyos, na nagsasabi, "Narito, Ako'y dumarating." "Hain at handog ay hindi mo ibig nguni't isang katawan ang sa Akin ay inihanda Mo. ... Narito, Ako'y pumarito (sa balumbon ng aklat ay nasusulat tungkol sa Akin,) upang gawin oh, Diyos ang iyang kalooban." Hebreo 10:5-7. Sa mga pangungusap na ito ay ipinahahayag ang pagkatupad ng panukalang inilihim ng mga panahong walang-hanggan. Dadalawin na ni Kristo ang ating sanlibutan at magkakatawang-tao. Ang wika Niya, "Isang katawan ang sa Akin ay inihanda Mo." Kung Siya'y napakitang ang taglay Niyang kaluwalhatian ay yaong tinaglay Niya noong kasama-sama Niya ang Ama bago nilalang ang sanlibutan, ay hindinghindi natin makakaya ang liwanag ng Kaniyang pakikiharap. Kaya upang Siya'y ating matitigan at gayon pa ma'y huwag tayong mamatay, ay ikinubli Niya ang Kaniyang kaluwalhatian. Ang Kaniyang pagka-Diyos ay tinakpan ng pagka-tao—ang di-nakikitang kaluwalhatian ay ipinaloob sa nakikitang anyo ng tao.

Ang dakilang panukalang ito ay ipinakita sa mga sagisag at mga talinhaga. Ang Diyos ay inihayag ng mababang punungkahoy na nagliliyab nguni't di-nasusunog, na doo'y napakita si Kristo kay Moises. Ang sagisag na pinili upang kumatawan sa Diyos ay ang abang punungkahoy, na sa tingin ay walang mga pang-akit. Dito'y nakaluklok ang Walang-Hanggan. Ikinubli ng maawaing Diyos ang Kaniyang kaluwalhatian sa isang lalong abang sagisag, upang [17]
matingnan ni Moises at gayon pa man siya'y mabuhay. Gayundin naman sa haliging ulap kung araw at sa haliging apoy kung gabi, ay nakipag-usap ang Diyos sa Israel, na ipinahahayag sa tao ang Kaniyang kalooban, at ibinibigay sa kanila ang Kaniyang biyaya. Pinigil ang kaluwalhatian ng Diyos at tinakpan ang Kaniyang kamaharlikaan, upang makatingin ang mahinang paningin ng tao. Kaya nga paririto si Kristo sa "katawan ng ating pagkamababa" (Filipos 3:21, R.V.), "sa katawang-tao." Sa mata ng sanlibutan ay wala Siyang kagandahang mananasa nila sa Kaniya; gayunma'y Siya ang Diyos na nagkatawang-tao, ang ilaw ng langit at lupa. Ang Kaniyang kaluwalhatian ay nilambungan, ang Kani yang kadakilaan at kamahalan ay ikinubli, upang maka lapit Siya sa malulungkutin at natutuksong mga tao.

Inutusan ng Diyos ang Israel sa pamamagitan ni Moises, "At kanilang igawa Ako ng isang santuwaryo, upang ako'y makatahan sa

gitna nila" (Exodo 25:8), at Siya'y tumahan sa santuwaryo sa gitna ng Kaniyang bayan. Sa buong paglalakbay nila sa ilang, ay hindi sila hiniwalayan ng tanda ng Kaniyang pakikisama. Gayundin naman itinindig ni Kristo ang Kaniyang tabernakulo sa gitna ng kalipunan ng mga tao. Itinayo Niya ang Kaniyang tolda sa tabi ng mga tolda ng mga tao, upang Siya'y makipamayan sa gitna natin, at mapamihasa Niya tayo sa Kaniyang banal na likas at pamumuhay. "Ang Verbo ay nagkatawang-tao, at tumahan sa gitna natin (at nakita namin ang Kaniyang kaluwalhatian, kaluwalhatiang gaya ng sa bugtong na Anak ng Diyos), puspos ng biyaya at katotohanan." Juan 1:14, R.V.

Palibhasa'y naparito si Jesus upang makipamayan sa atin, batid nating bihasa ang Diyos sa ating mga kahirapan, at nakikiramay Siya sa ating mga kadalamhatian. Bawa't anak ni Adan ay makaaalam na ang Maykapal ay kaibigan ng mga makasalanan. Sapagka't
[18] sa bawa't aralin ng biyaya, sa bawa't pangako ng kaligayahan, sa bawa't gawa ng pag-ibig, at sa bawa't pang-akit na nahayag sa buhay ng Tagapagligtas sa lupa, ay nakikita nating "Sumasaatin ang Diyos."

Ang kautusan ng Diyos ay ipinakikilala ni Satanas na isang kautusan ng pananakim o pagkamakasarili. Sinasabi niyang hinding-hindi natin masusunod ang mga utos na ito. Ang pagkahulog sa kasalanan ng ating unang mga magulang, lakip ang lahat ng ibinungang kahirapan, ay isinisisi niya sa Maykapal, na inaakay ang mga tao na ituring nila ang Diyos na siyang may kagagawan ng kasalanan, at paghihirap, at kamatayan. Ang pagdarayang ito ay siyang ilalantad ni Jesus. Bilang isa sa atin ay Siya ang magpapakita ng halimbawa ng pagiging masunurin. Ito ang dahilan kaya ibinihis Niya ang ating pagkatao at dumaan sa ating mga karanasan. "Sa lahat ng mga bagay ay nararapat Siyang matulad sa Kaniyang mga kapatid." Hebreo 2:17. Kung tayo'y magbabata ng anumang bagay na hindi binata ni Jesus, ipangangalandakan nga ni Satanas na ang kapangyarihan ng Diyos ay hindi makasasapat sa atin. Dahil dito'y si .Tesus ay "tinukso sa lahat ng paraang gaya rin naman natin." Hebreo 4:15. Tiniis Niya ang lahat ng pagsubok na darating sa atin. At wala Siyang ginamit na kapangyarihan para sa Kaniya na hindi naman ibinibigay sa atin nang walang-bayad. Sa Kaniyang pagiging-tao, ay sinagupa Niya ang tukso, at nanagumpay naman sa pamamagitan ng lakas na ibinigay sa Kaniya ng Diyos. Ang wika

Niya, "Aking kinalulugurang sundin ang Iyong kalooban, O Diyos Ko: Oo, ang Iyong kautusan ay nasa loob ng Aking puso." Awit 40:8. Sa Kaniyang mga paglilibot na gumagawa nang mabuti, at pinagagaling ang lahat ng mga pinahihirapan ni Satanas, ay pinalinaw Niya sa mga tao ang likas ng kautusan ng Diyos at ang uri ng Kaniyang paglilingkod. Ang Kaniyang kabuhayan ay saksing tayo man ay makasusunod din sa kautusan ng Diyos.

Sa pamamagitan ng Kaniyang pagiging-tao, ay na- hahawakan [19]
ni Kristo ang sangkatauhan; sa pamamagitan naman ng Kaniyang pagiging-Diyos, ay nakahahawak Siya sa luklukan ng Diyos. Bilang Anak ng tao, binigyan Niya tayo ng halimbawa ng pagtalima. Si Kristo ang nagsalita kay Moises mula sa mababang punung-kahoy sa bundok ng Horeb na nagsasabi, "AKO YAONG AKO NGA.

... Ganito ang sasabihin mo sa mga anak ni Israel, Sinugo ako sa inyo ni AKO NGA." Exodo 3:14. Ito ang pangako ng pagliligtas sa Israel. Kaya't nang Siya'y pumarito na "nasa wangis ng mga tao," ay ipinahayag Niyang Siya'y si AKO NGA. Ang Sanggol sa Belen, ang maamo at mapagpakumbabang Tagapagligtas, ay siyang Diyos na "nahayag sa laman." 1 Timoteo 3:16. At sinasabi naman Niya sa atin, "AKO ang Mabuting Pastor." "AKO NGA ang buhay na Tinapay." "AKO NGA ang Daan, ang Katotohanan, at ang Buhay." "Ang buong kapangyarihan sa langit at sa lupa ay nabigay na sa Akin." Juan 10:11; 6:51; 14:6; Mateo 28:18. AKO NGA ang katiyakan ng bawa't pangako. AKO NGA; huwag kang matakot. Ang "sumasaatin ang Diyos" ay siyang kasiguruhan ng pagliligtas sa atin sa kasalanan, siyang katiyakan ng ating kapangyarihang matalima ang kautusan ng langit.

Sa pagpapakababa ni Kristo upang magkatawang-tao, ay inihayag Niya ang likas na labang-laban sa likas ni Satanas. Nguni't ibayo pa ng mababa ang ginawa Niyang pagpapakababa. "Palibhasa'y nasumpungang anyongtao, Siya'y nagpakababa, at nagmasunurin hanggang sa kamatayan, oo, sa kamatayan sa krus." Filipos 2:8. Kung paanong hinuhubad ng dakilang saserdote ang mga mahal niyang damit, at ibinibihis ang maputing lino ng karaniwang saserdote, gayundin naman si Kristo na kinuha ang anyo ng alipin, at nag-alay ng handog, na Siya na rin ang saserdote, Siya na rin ang handog. "Siya'y nasugatan dahil sa ating mga pagsalansang, Siya'y nabugbog dahil sa ating mga kasamaan: ang parusang ukol sa ating [20]

ikapapayapa ay nasa Kaniya." Isaias 53:5.

Ginawa kay Kristo ang nararapat sanang gawin sa atin upang magawa naman sa atin ang nararapat gawin sa Kaniya. Siya'y hinatulan dahil sa ating mga kasalanang hindi naman Siya ang may gawa, upang tayo'y ariing-ganap sa pamamagitan ng katwirang hindi naman tayo ang may gawa. Nagbata Siya ng kamatayang talagang atin, upang tayo nama'y tumanggap ng buhay na talagang Kaniya. "Sa pamamagitan ng Kaniyang mga latay ay nagsigaling tayo."

Sa pamamagitan ng Kaniyang buhay at ng Kaniyang kamatayan, ang nabawi ni Kristo ay mahigit pa kaysa sinira ng kasalanan. Layunin ni Satanas na walang-hanggang papaghiwalayin ang Diyos at ang tao; datapwa't kay Kristo ay lalo tayong nailalapit sa Diyos kaysa kung tayo'y di-kailanman nagkasala. Sa pagkakapagbihis Niya ng ating pagkatao, ay ibinigkis o itinali ng Tagapagligtas ang Kaniyang sarili sa sangkatauhan sa pamamagitan ng isang panaling di-kailanman malalagot. Sa buong panahong walang-hanggan ay nakakawing Siya sa atin. "Gayon na lamang ang pagsinta ng Diyos sa sanlibutan, na ibinigay Niya ang Kaniyang bugtong na Anak." Juan 3:16. Kaniyang ibinigay Siya hindi lamang upang dalhin ang ating mga kasalanan, at upang mamatay na hain para sa atin; ibinigay Niya Siya para sa sangkatauhang nagkasala. Ibinigay ng Diyos ang Kaniyang bugtong na Anak upang maging isa sa sambahayan ng mga tao at taglayin ang katawang-tao sa buong panahon, upang sa ganito'y mapapaniwala tayong hindi mababali ang Kaniyang payo ng kapayapaan. Ito ang pangako na tutupdin ng Diyos ang Kaniyang sinalita. "Sa atin ay ipinanganak ang isang Bata, sa atin ay ibinigay ang isang Anak na lalaki: at ang pamamahala ay maaatang sa Kaniyang balikat." Kinuha't inilagay ng Diyos ang likas ng tao sa persona ng Kaniyang Anak, at ito'y tinaglay hanggang sa kaitaasan ng langit. "Anak ng tao" ang kapiling-piling
[21] ng Diyos sa trono ng sansinukob. "Anak ng tao" ang panganganlang "Kahanga-hanga, Tagapayo, Makapangyarihang Diyos, Walang-hanggang Ama, Pangulo ng Kapayapaan." Isaias 9:6. Ang AKO NGA ay siyang Tagapamagitang tumatayo sa pagitan ng Diyos at ng tao, na kapwa hinahawakan Niya ng Kaniyang magkabilang kamay. Siya na "banal, walang-sala, walang-dungis, hiwalay sa mga makasalanan," ay hindi nahihiyang tayo'y tawaging mga kapatid Niya. Hebreo 7:26; 2:11. Kay Kristo ay napagbibigkis ang samba-

hayan sa langit at ang sambahayan sa lupa. Si Kristong naluwalhati ay siya nating kapatid. Ang langit ay idinadambana sa sangkatauhan, at ang sangkatauhan ay isinasakandungan ng Di-matingkalang Pag-ibig.

Ganito ang sinasabi ng Diyos tungkol sa Kaniyang bayan, "Sila'y magiging gaya ng mga hiyas na bato ng isang korona, na itinaas bilang isang watawat sa Kaniyang lupain. Sapagka't anong pagkadakila ng Kaniyang kabutihan, at anong pagkadakila ng Kaniyang kagandahan!" Zacarias 9:16, 17. Ang pagkakabunyi sa mga tinubos ay magiging isang walang-hanggang patotoo sa kahabagan ng Diyos. "Sa mga panahong darating," ay Kaniyang "ihahayag ang dakilang kayamanan ng Kaniyang biyaya sa Kaniyang kagandahang loob sa atin sa pamamagitan ni Kristo Jesus." "Upang ... maipakilala sa mga pamunuan at sa mga kapangyarihan sa sangkalangitan ... ang saganang karunungan ng Diyos, ayon sa panukalang walang-hanggan na ipinanukala Niya kay Kristo Jesus na Panginoon natin." Efeso 2:7; 3:10, 11, R.V.

Ang pamahalaan ng Diyos ay nananayong matwid dahil sa ginawang pagtubos ni Kristo. Ang Makapangyarihang Diyos ay naipakilalang Diyos ng pag-ibig. Ang mga bintang at paratang ni Satanas ay napasinungalingan, at ang likas niya'y nailantad. Hinding-hindi na mauulit pa ang paghihimagsik. Ang kasalanan ay [22]
hinding-hindi na rin papasok sa santinakpan. Sa buong panahong walang-hanggan ay ligtas na ang lahat sa gawang pagtalikod sa Diyos. Sa pamamagitan ng mapagmahal na pag-aalay ni Kristo ng Kaniyang buhay, ay napapatali sa Maykapal ang mga tumatahan sa lupa at sa langit sa pamamagitan ng mga panaling hindi na malalagot kailanman.

Ang gawain ng pagtubos ay magiging ganap. Sa dakong nanagana ang kasalanan, ay lalo namang nanagana ang biyaya ng Diyos. Ang lupang ito na rin, na inaangkin ni Satanas na kaniya, ay hindi lamang tutubusin kundi ibubunyi pa. Ang maliit nating sanlibutan, na dahil sa sumpa ng kasalanan ay naging isang maitim na batik sa gitna ng marilag na mga nilalang ng Diyos, ay itatampok na pararangalan sa ibabaw ng lahat ng mga sanlibutan sa buong sansinukob ng Diyos. Dito, na pinagkakatawanang-tao ng Anak ng Diyos; na dito nakipamayan at naghirap at namatay ang Hari ng kaluwalhatian—dito, pagka gagawin na Niyang bago ang lahat ng

mga bagay, ay matatayong kasama ng mga tao ang tabernakulo ng Diyos, "at Siya'y tatahang kasama nila, at Sila'y magiging Kaniyang bayan, at ang Diyos din ay sasakanila, at magiging Diyos nila." At sa buong panahong walang-katapusan kapag ang mga tinubos ay lumalakad na sa liwanag ng Panginoon, ay pupurihin nila Siya dahil sa di-matitingkala Niyang kaloob—si Emmanuel, "sumasaatin ang
[23] Diyos."

## Kabanata 2—Ang Bayang Hinirang

Mahigit na sanlibong taong hinintay-hintay ng mga Hudyo ang pagdating ng Tagapagligtas. Sa pagdating na ito isinalig nila ang maririlag nilang pag-asa. Ang pangalan Niya ay sinambit-sambit nila sa mga awit at sa mga hula, sa mga rito sa templo at sa pananalanging pansambahayan. Datapwa't nang dumating Siya ay hindi nila Siya nakilala. Ang Pinakamamahal ng langit ay itinuring nilang "ugat sa tuyong lupa;" Siya'y "walang anyo o kagandahan man;" at wala silang nakita sa Kaniyang anumang kagandahang mananasa nila. "Siya'y naparito sa sariling kaniya, at Siya'y hindi tinanggap ng mga sariling kaniya." Isaias 53:2; Juan 1:11.

Gayon pa ma'y pinili pa rin ng Diyos ang Israel. Tinawag Niya sila upang mapamalagi ang pagkakilala ng tao sa Kaniyang kautusan, at sa mga sagisag at mga hulang nakaturo sa Tagapagligtas. Ibig Niyang sila'y maging tulad sa mga balon ng kaligtasan sa sanlibutan. Kung ano si Abraham sa kaniyang pakikipamayan, kung ano si Jose sa Ehipto, kung ano si Daniel sa mga bahayhari ng Babilonya, magiging gayon ang mga Hebreo sa gitna ng mga bansa. Ipakikilala nila ang Diyos sa mga tao. [24]

Nang tawagin si Abraham ay ganito ang sinabi ng Panginoon, "Pagpapalain kita; ... at ikaw ay magiging isang pagpapala: ... at sa iyo'y pagpapalain ang lahat ng angkan sa lupa." Genesis 12:2, 3. Ang turong ito ay inulit-ulit sa pamamagitan ng mga propeta. Kahit pagkaraang ang Israel ay malipol ng digma at mabihag, ay kanila pa rin ang pangakong, "Ang nalabi sa Jacob ay magiging parang hamog na mula sa Panginoon sa gitna ng maraming bayan, parang ulan sa damo, na hindi naghihintay sa tao, ni naghihintay man sa mga anak ng mga tao." Mikas 5:7. Tungkol naman sa templong nasa Jerusalem, ay nagsalita ang Panginoon kay Isaias, "Ang Aking bahay ay tatawaging bahay na dalanginan ng lahat ng mga tao." Isaias 56:7, R.V.

Nguni't sa mga kadakilaang pansanlibutan inilagay ng mga Israelita ang kanilang mga pag-asa. Mula nang sila'y pumasok sa

lupain ng Canaan, ay humiwalay na sila sa mga utos ng Diyos, at nagsisunod sila sa mga lakad ng mga bansang di-kumikilala sa tunay na Diyos. Walang narating ang mga pasabing ibinigay sa kanila ng Diyos sa pamamagitan ng bibig ng Kaniyang mga propeta. Hindi rin nakabago sa kanila ang mga pahirap ng panlulupig ng mga bansang di-kumikilala sa tunay na Diyos. Bawa't repormasyon o pagbabago ay sinundan ng lalong malubhang pagtalikod.

Kung naging tapat lamang ang Israel, ay nasunod sana ng Diyos ang Kaniyang panukalang sila'y mabunyi at maging marangal. Kung sila'y nagsilakad lamang sa mga daan ng pagtalima, sana'y ginawa Niya silang "mataas kaysa lahat ng mga bansang Kaniyang nilikha, sa ikapupuri, at sa ikababantog, at sa ikararangal." "Makikita ng lahat ng mga bayan sa lupa," wika ni Moises, "na ikaw ay tinawag sa pangalan ng Panginoon; at sila'y matatakot sa iyo." "Ang mga bansang makakabalita ng mga utos na ito," ay magsisipagsabing,
[25] "Tunay na ang dakilang bansang ito ay isang pantas at maalam na bayan." Deuteronomio 26:19; 28:10; 4:6. Subali't dahil sa hindi nila pagtatapat, ay kinailangang paratingin sa kanila ang sunud-sunod na kahirapan at kahihiyan upang magawa ng Diyos ang panukala Niya sa kanila.

Sila'y nadalang bihag sa Babilonya, at ikinalat sa buong mga lupain ng mga bansang di-kumikilala sa Diyos. Sa kanilang mga pagdadalamhati ay marami ang nanatang magtatapat na sila sa tipan ng Diyos. Nang isabit nila ang kanilang mga alpa sa mga puno ng sause, at nang tangisan nila ang banal na templong nakahandusay na sira, ang liwanag ng katotohanan ay sumilang sa kanila, at ang pagkakilala sa Diyos ay lumaganap sa gitna ng mga bansa. Ang mga paghahandog ng mga pagano ay isang pagpapasama sa paraang ipinag-utos ng Diyos; at marami sa mga tapat na gumanap ng mga ritong ito ng mga pagano ay natuto sa mga Hebreo ng kahulugan ng paghahandog na iniutos ng Diyos, at sa pananampalataya'y napagunawa nila ang tungkol sa ipinangakong Tagapagligtas.

Marami sa mga tapon ang dumanas ng pag-uusig. Hindi iilan ang kinitlan ng buhay dahil sa pagtangging lapastanganin ang Sabbath at ganapin ang mga kapistahang pagano. Nang ang mga mananamba sa diyus-diyosan ay magsikilos upang siilin ang katotohanan, ay iniharap ng Panginoon nang mukhaan ang Kaniyang mga lingkod sa mga hari at mga pangulo, upang ang mga ito at pati ng mga

mamamayan nila ay makatanggap ng liwanag. Muli at muling napilitan ang mga pinakadakilang hari na itanyag ang kadakilaan ng Diyos na sinasamba ng mga bihag na Hebreo.

Ang pagkabihag na ito sa Babilonya ay naging mabisang gamot sa mga Israelita sa kanilang pagsamba sa mga larawang inanyuan. Sa nalolooban ng mga dantaong sumunod, patuloy silang dumanas ng panlulupig ng kanilang mga kaaway na pagano, hanggang sa natanim nang malalim sa kanilang kalooban na ang kanilang ikagiginhawa [26]
ay nasasalig sa kanilang pagtalima sa kautusan ng Diyos. Nguni't sa marami ang pagtalima ay hindi udyok ng pag-ibig. Kasakiman ang nag-udyok. Ipinakita nilang sila'y naglilingkod sa Diyos upang sa gayong paraa'y dumakila ang kanilang bansa. Hindi sila naging ilaw ng sanlibutan, kundi ikinubli nila ang kanilang mga sarili sa sanlibutan upang matakasan nila ang tuksong pagsamba sa diyus-diyosan. Sa tagubiling ibinigay sa pamamagitan ni Moises, ay naglagda ang Diyos Jig mga pagbabawal sa pakikisama sa mga mananamba sa diyusdiyosan; nguni't ang turong ito'y binigyan nila ng maling kahulugan. Ito'y binalak na makapigil sana sa kanila sa pakikitulad o pakikiayon sa mga kaugalian at mga ginagawa ng mga bansang pagano. Subali't ito ay ginamit nila sa ikapagtatayo ng isang pader na naghihiwalay sa Israel at sa lahat ng ibang mga bansa. Itinuring ng mga Hudyo ang Jerusalem ay siya nilang pinakalangit, at tunay silang sumasama ang loob baka ang Panginoon ay magpakita ng kaawaan sa mga Hentil o sa ibang mga bansa.

Pagkapagpabalik mula sa Babilonya, ay malaking panahon ang ginugol sa pagtuturong ukol sa relihiyon. Sa buong lupain ay nagtayo ng mga sinagoga, at doo'y ipinaliwanag ng mga saserdote at mga eskriba ang kautusan. At nagtayo rin ng mga paaralang nagturo ng mga simulain ng katwiran, kasama ng mga karunungang ukol sa sining at agham. Nguni't ang mga sangay na ito ng karunungan ay sumama. sa panahon ng pagkakabihag, ang marami sa mga tao'y natuto ng mga aral at mga kaugaliang pagano, at ito'y ipinasok nila sa kanilang pagsamba sa diyus-diyosan.

Dahil sa paghiwalay ng mga Hudyo sa Diyos, ay marami ang nalimutan nila sa aral na itinuturo ng mga paghahandog. Ang paghahandog na iyon ay si Kristo na rin ang nagtatag. Bawa't bahagi niyon ay sumasagisag sa Kaniya; at iyon ay nalipos ng buhay at ng [27]
kagandahang espirituwal. Nguni't ang kabuhayang espirituwal na

ito ay siyang nawala sa mga Hudyo sa kanilang mga seremonya, at sila'y nagkasiya sa mga patay na anyo ng mga paghahandog. Ang pinagtiwalaan nila ay ang mga handog at mga palatuntunan, at hindi Siya na siyang itinuturo ng inihahandog. Upang mayroon silang maihalili sa mga nawala sa kanila, ay dinagdagan nila ng mga utos at biling sarili nilang gawa; at kung kailan naman humihigpit ang mga utos at biling ito, ay lalo namang lumiit o nabawasan ang nakitang pag-ibig nila sa Diyos. Ang kanilang kabanalan ay sinusukat nila sa dami ng kanilang mga seremonya, samantalang sa kanilang mga puso'y nag-uumapaw ang kayabangan at pagpapaimbabaw.

Ang kautusan ay hinding-hindi masusunod kung isasama ang tala-talaksang maliliit na tagubiling ginawa ng mga rabi. Yaong mga naghahangad na maglingkod sa Diyos, at nagsikap pa na gumanap ng mga tagubiling ito ng mga rabi, ay nagsigawang may mabigat na pasan. Hindi sila pinatahimik ng kasusumbat ng kanilang bagabag na budhi. Sa ganitong paraan gumawa si Satanas upang pahinain ang loob ng mga tao, upang pasamain ang kanilang pagkakilala sa Diyos, at upang hamakin ang pananampalataya ng Israel. Inasahan niyang maitatatag niya't mapatutunayan ang ibinintang niya sa Diyos noong siya'y maghimagsik sa langit—na ang mga iniuutos ng Diyos ay wala sa matwid, at hindi maaaring talimahin. Ang Israel man, aniya, ay hindi tumalima sa kautusan.

Bagama't inasam ng mga Hudyo ang pagdating ng Mesiyas, ay wala silang tunay na pagkakilala sa Kaniyang layunin. Hindi nila hinanap ang maligtas sa kasalanan, kundi ang makawala sa pamamahala ng mga Romano. Hinintay nilang ang Mesiyas na darating ay isang mananagumpay, na dudurog sa kapangyarihan ng maniniil, at
[28] ibubunyi ang Israel bilang kahariang dinadakila sa sanlibutan. Ito ang naghanda ng daan upang itakwil nila ang Tagapagligtas.

Nang panahong isilang ang Kristo ay pinahihirapan ng mga pinunong dayuhan ang bansang Hudyo, at ang gulo ay nagbabanta sa magkabi-kabila. Ang mga Hudyo'y tinulutang magkaroon ng sariling pamahalaan; nguni't hayag din ang katotohanang sila'y nasa ilalim ng pamatok ng Roma, at ayaw nilang mapanghimasukan ang kanilang kapangyarihan. Hawak ng Roma ang karapatang maglagay at mag-alis ng dakilang saserdote, at malimit na ang tungkuling ito ay nakukuha sa daya, suhol, at pagpatay pa. Kaya sumama nang sumama ang katungkulang saserdote. Gayunma'y malaki pa

rin ang kapangyarihan ng mga saserdote, at ang kapangyarihang ito ay ginamit nila sa makasarili at pagkakasalaping layunin. Ang bayan ay walang-awang pinasunod nila sa kanilang mga hinihingi, at pinatawan naman ng mga Romano ng mabigat na buwis. Ang ganitong kalagayan ay lumikha ng malaganap na kaligaligan. Malimit sumiklab ang gulo. Ang pananakim at pandadahas, kawalang-tiwala at kawalang-pag-aasikaso, ay siyang sumakal sa buhay ng bansa.

Pagkapoot sa mga Romano, at pag-ibig sa sariling lahi at relihiyon, ang umakay sa mga Hudyo na panghawakang mahigpit ang kanilang paraan ng pagsamba. Sinikap ng mga saserdoteng maingatan ang pagkakilala sa kanila na sila'y mga taong banal sa pamamagitan ng matapat na pag-aasikaso sa mga seremonya ng relihiyon. Ang bayang namamahay sa kadiliman at pagkasiil, at ang mga pinunong uhaw sa kapangyarihan, ay kapwa nanabik sa pagdating ng Isang lilipol sa kanilang mga kaaway at magsasauli ng kaharian sa Israel. Pinag-aralan nila ang mga hula, nguni't hindi kinasihan ng Espiritu ang kanilang mga pag-iisip. Dahil dito'y hindi nila nakita ang mga kasulatang nakaturo sa paghihirap at pagpapakababa ni Kristo sa una Niyang pagparito, kundi ang nakita nila ay [29]
yaong mga hulang ang sinasabi ay ang kaluwalhatian ng Kanyang ikalawang pagdating. Kapalaluan ang nagpadilim sa kanilang pgiisip. Ipinaliwanag nila ang hula ng ayon sa makasarili nilang mga hangarin. [30]

## Kabanata 3—“Ang Kapuspusan ng Panahon”

“Datapuwa’t nang dumating ang kapanahunan, ay sinugo ng Diyos ang Kaniyang Anak, ... upang matubos Niya ang nangasailalim ng kautusan, upang matanggap natin ang pagkukupkop sa mga anak.” Galacia 4:4, 5.

Ang pagdating ng Tagapagligtas ay pauna nang sinabi doon sa Eden. Nang ang pangako’y unang marinig nina Adan at Eba, ay inasahan nilang ito’y matutupad agad. Ipinagsaya nila ang pagsilang ng panganay nilang anak, sa pag-asang ito na ang magiging Tagapagligtas. Datapwa’t nabalam ang pagkatupad ng pangako. Namatay at namatay ang mga unang nakarinig nito, ngurii’t walang dumating. Buhat nang panahon ni Enoc ang pangako ay inulit-ulit ng mga patriarka at mga propeta, na pinananatiling buhay ang pag-asa sa Kaniyang pagpapakita, gayon pa ma’y hindi pa rin Siya dumating. Inihayag ng hula ni Daniel ang panahon ng pagdating Niya, nguni’t hindi lahat ay tumpak na nakaunawa ng pabalita nito. Nagsilipas ang mga daan-daang taon; nanahimik ang tinig ng mga propeta. Nagmalupit sa Israel ang kamay ng manlulupig, at marami ang gayak nang sumigaw ng, “Ang mga kaarawan ay tumatagal, at ang bawa’t pangitain ay nabubulaanan.” Ezekiel 12:22.

[31] Nguni’t ang mga panukala ng Diyos ay hindi marunong magpauna ni magpahuli man, na tulad ng mga bituing tumatalunton sa itinakdang landas nila sa malawak na himpapawid. Sa pamamagitan ng mga sagisag na malaking kadiliman at hurnong umuusok, ay inihayag ng Diyos kay Abraham ang pagkaalipin ng Israel sa Ehipto, at sinabing ang panahon ng kanilang pangingibang-bayan ay magiging apat na raang taon. “Pagkatapos,” ang wika Niya, “ay aalis silang may malaking pag-aari.” Genesis 15:14. Bigong nilabanan ng buong kapangyarihan ng palalong imperyo ni Paraon ang salitang iyan. Sa “araw ding yaon,” araw na itinakda sa pangako ng Diyos, “ay lumabas sa lupain ng Ehipto ang buong hukbo ng Panginoon.” Exodo 12:41. Ganyan din pinagpasiyahan sa kapulungan ng langit ang oras ng pagdating ni Kristo. Nang ituro na ng malaking

orasan ng panahon ang takdang oras na yaon, ay isinilang si Jesus sa Bethlehem.

"Nang dumating na ang kapuspusan ng panahon, ay isinugo ng Diyos ang Kaniyang Anak." Diyos ang namahala sa mga kilusan ng mga bansa, at sa bugso ng damdamdamin at impluwensiya ng mga tao, hanggang sa maihanda ang sanlibutan sa pagdating ng Manunubos. Nagkaisa ang mga bansa sa ilalim ng isang pamahalaan. Isang wika ang malaganap na sinasalita, at sa lahat ng dako ay siyang kinikilalang wikang pampanulatan. Nagtipon sa Jerusalem sa mga taunang kapistahan ang mga Hudyong nakapangalat sa lahat ng mga lupain. Sa paguwi nila sa mga dakong kanilang pinakipamayanan, ay nailaganap nila sa buong sanlibutan ang balita ng pagdating ng Mesiyas.

Nang panahong ito ay tinatabangan na ang mga tao sa mga kaugalian at relihiyon ng mga pagano. Suya na sila sa mga palabas at kuwento. Ang kinauuhawan nila ay isang relihiyong makasisiya sa puso. Bagama't tila naglaho na sa mga tao ang liwanag ng katotohanan, ay may mga iba pa ring naghihintay ng liwanag, at
mga sakbibi ng kagulumihanan at kalungkutan. Sabik na sabik [32]
silang makakilala sa buhay na Diyos, at makatiyak na mayroong buhay sa kabila ng libingan.

Dahil sa paglayo ng mga Hudyo sa Diyos, ang kanilang pananampalataya ay lumamlam, at ang kanilang pag-asa'y hindi na tumanglaw sa kanilang buhay na ukol sa hinaharap. Hindi na nila maintindihan ang mga salita ng mga propeta. Sa ganang marami, ang kamatayan ay natutulad sa isang hiwagang pinangingilagan; ang kabila ng libingan ay walang-katiyakan at madilim. Hindi lamang panambitan ng naulilang mga ina ng Bethlehem, kundi panambitan din naman ng dakilang puso ng sangkatauhan, ang tinaglay-taglay ng mga propeta sa buong mga dantaon—ang tinig na narinig sa Rama, "pananangis, at kalagim-lagim na iyak, tinatangisan ni Raquel ang kaniyang mga anak, at ayaw na siyang maaliw, sapagka't sila'y wala na." Mateo 2:18. Sa "pook at lilim ng kamatayan," ang mga tao'y nakalugmok na walang umaaliw. Sabik ang mga matang hinihintay nila ang pagdating ng Manunubos, na siyang hahawi sa kadiliman, at siyang magpapaliwanag sa hiwaga ng hinaharap.

Bukod sa bansang Hudyo ay may mga taong nagsihula na may darating na isang banal na Guro. Ang mga taong ito ay naghahanap

ng katotohanan, at sa kanila'y ipinagkaloob ang Pagkasi ng Espiritu. Sunod-sunod at isa-isang bumangon ang mga tagapagturong ito, na tulad sa mga bituing lumilitaw sa madilim na langit. Ang kanilang mga salita ng hula ay nagpunla ng pag-asa sa mga puso ng libu-libong mga taong Hentil.

May daan-daang taon nang nasasalin sa wikang Griyego ang mga Banal na Kasulatan, na siyang malaganap na wikang sinasalita noon sa buong Imperyo ng Roma. Ang rnga Hudyo ay nakapangalat sa lahat ng dako, at ang inaasahan nilang pagdating ng Mesiyas ay siya ring inaasahan ng mga Hentil. Sa gitna ng mga taong ito na kung tawagin ng mga Hudyo ay mga pagano, ay may mga lalaking
[33] may higit na mabuting pagkaunawa sa mga hula ng Banal na Kasulatan tungkol sa Mesiyas na darating kaysa pagkaunawa ng mga guro sa Israel. May mga ilang nagsiasa na ang darating ay isang Mesiyas na magliligtas sa kasalanan. Sinikap ng mga pilosopo na pag-aralan ang hiwaga ng pamumuhay ng mga Hudyo. Nguni't ang kayabangan ng mga Hudyo ay nakapigil sa paglaganap ng liwanag. Sapagka't ibig nilang manatiling nabubukod sa ibang mga bansa, kaya hindi nila nais ituro sa iba ang nalalaman nila tungkol sa masagisag na paghahandog. Ang talagang tunay na Tagapagpaaninaw ay kailangang dumating. Yaong Isa na pauna nang inilarawan ng lahat ng mga anino o mga sagisag na ito ay siyang dapat magpaaninaw ng kahulugan ng mga ito.

Nagsalita ang Diyos sa sanlibutan sa pamamagitan ng katalagahan, sa pamamagitan ng mga anino at mga sagisag, at sa pamamagitan ng bibig ng mga patriarka at mga propeta. Ang mga aral ay dapat ibigay sa mga tao sa wika na rin ng mga tao. Ang Sugo ng tipan ay dapat magsalita. Ang Kaniyang tinig ay dapat marinig sa loob ng Kaniyang sariling templo. Si Kristo'y dapat dumating upang bumigkas ng mga salitang tiyak at malinaw na mauunawaan. Siya, na Maylikha ng katotohanan, ay marapat dumating upang ang katotohanan ay maibukod Niya sa iba ng kinakatha-katha ng mga tao, na siyang nagpapawalang-bisa sa katotohanan. Ang mga simulain ng pamahalaan ng Diyos at ang panukala ng pagtubos sa mga tao ay kailangang maipalinaw. Ang mga aralin ng Matandang Tipan ay dapat maiturong lubos sa mga tao.

Sa kalagitnaan ng mga Hudyo ay may mga taong tapat, buhat sa lahi ng mga banal na pinagkatiwalaan ng wagas na pagkakilala

sa Diyos. Sila'y umaasa pa rin sa pangakong pinagtibay sa mga magulang. Kanilang pinalakas ang kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng laging pagbubulay-bulay ng tiyak na pangakong ibinigay ky Moises na, "Ang Panginoong Diyos ay mag- titindig sa [34]
inyo na isang propeta gaya ko mula sa gitna ng inyong mga kapatid; Siya ang inyong pakinggan sa lahat ng mga bagay na sa inyo'y sasalitain Niya." Mga Gawa 3:22. Pamuling binasa nila, kung paanong may Isang papahiran ang Panginoon ng langis "upang ipangaral ang mabubuting balita sa mga maamo," "upang magpagaling ng mga bagbag na puso, upang magtanyag ng kalayaan sa mga bihag," at upang magpahayag ng "kalugud-lugod na taon ng Panginoon." Isaias 61:1, 2. Nabasa nila kung paanong Kaniyang "itatatag ang kahatulan sa lupa," kung paanong ang mga pulo'y "maghihintay sa Kaniyang kautusan," at kung paanong ang mga bansa'y paroroon sa Kaniyang liwanag, at ang mga hari sa ningning ng Kaniyang sikat. Isaias 42:4; 60:3.

Ang mga huling pangungusap ni Jacob nang siya'y mamatay na ay pumuno sa kanila ng pag-asa: "Ang setro ay hindi mahihiwalay sa Juda, ni ang tungkod ng pagkapuno sa pagitan ng kaniyang mga paa, hanggang sa ang Shiloh ay dumating." Genesis 49:10. Ang humihinang kapangyarihan ng Israel ay nagpatunay na malapit nang dumating ang Mesiyas. Ang hula ni Daniel ay naglarawan ng karilagan ng Kaniyang paghahari sa isang kahariang hahalili sa lahat ng kaharian ng lupa; at idinugtong pa ng propeta, "At yao'y lalagi magpakailanman." Daniel 2:44. Kung bagama't iilan ang nakatatalos ng uri ng layon ni Kristo, naging malaganap naman ang pag-asa na ang darating ay isang makapangyarihang Prinsipe na magtatatag ng Kaniyang kaharian sa Israel, at magliligtas sa mga bansa.

Ang kapuspusan ng panahon ay dumating na. Palibhasa'y lalo at lalong sumasama ang sangkatauhan sa buong mga panahon ng pagsalansang, kaya lalo namang kailangang dumating na ang Manunubos. Lalong pinalalalim ni Satanas ang bahaging nasa pagitan ng langit at lupa. Dahil sa kaniyang pagsisinungaling ay lalo niyang napalalakas ang loob ng mga tao na gumawa ng kasalanan. Ito'y gi- [35]
nagawa niya sa layuning maubos na ang pagtitiis ng Diyos, at upang mamatay na ang pag-ibig Nito sa mga tao, sa gayo'y maipaubaya na ang sanlibutan sa kapangyarihan ni Satanas.

Pinagsikapan ni Satanas na mailayo ang tao sa pagkakilala sa Diyos, na maialis ang kanilang isip sa templo ng Diyos, at upang maitatag ang kaniyang sariling kaharian. Ang pagpupunyagi niyang makapangibabaw ay waring halos ganap nang matagumpay. Totoo, kung sabagay, na ang Diyos ay may Kaniyang mga tauhan sa bawa't saling-lahi. Sa mga pagano man ay may mga tao ring kinakasangkapan si Kristo upang maiangat ang mga tao sa ibabaw ng kanilang kasalanan at kasalaulaan. Nguni't ang ganitong mga tao'y hinahamak at kinapopootan. Marami sa kanila ang dumanas ng marahas na pagkamatay. Sa ganito'y kumapal nang kumapal sa ibabaw ng lupa ang maitim na ulap na iniladlad ni Satanas.

Noong mga panahong nagdaan ay nailayo na ni Satanas ang mga tao sa Diyos gawa ng paganismo; nguni't lalo pa ring malaking kasamaan ang nagawa niya nang masira niya ang pananampalataya ng Israel. Nang ang mga bansang pagano ay lumikha ng sari-sarili nilang mga haka-haka at tuloy sambahin ang mga katha nilang ito, ay nawala na sa kanila ang pagkakilala sa Diyos, at sila'y sumama nang sumama. Ganyan din ang nangyari sa Israel. Ang simulaing pinagtitibayan o pinagsasaligan ng relihiyon ng bawa't bansang pagano ay ito: kayang iligtas ng tao ang sarili niyang mga gawa; ito na rin ngayon ang naging simulain ng relihiyon ng mga Hudyo. Si Satanas ang may tanim ng simulaing ito. Saanman ito tinatanggap, ay naaalis ang pamigil sa tao upang siya'y huwag magkasala.

Ang pabalita ng kaligtasan ay ipinatatalastas sa mga tao sa pamamagitan ng mga kinakasangkapang tao. Nguni't tinangka ng mga Hudyong sarilinin o kimkimin ang katotohanan, na siyang buhay na
[36] walang-hanggan. Sinarili nila't itinago ang buhay na mana, at ito'y naging bulok. Ang relihiyong sinikap nilang sarilinin ay naging katitisuran. Ninakawan nila ang Diyos ng Kaniyang kaluwalhatian, at dinaya ang sanlibutan sa pamamagitan ng pagbibigay ng huwad na ebanghelyo. Tumanggi silang pasakop at pagamit sa Diyos sa ikaliligtas ng sanlibutan, at sa ganito sila'y naging mga kasangkapan ni Satanas sa ikapapahamak nito.

Ang mga taong tinawag ng Diyos upang maging haligi at suhay ng katotohanan ay naging mga kinatawan ni Satanas. Ginawa nila ang gawaing siyang ibig ni Satanas na gawin nila, upang maipakilala nilang masama ang likas ng Diyos, at ang kilanlin Siya ng sanlibutan na isang malupit na Diyos. Ang mga saserdote na ring

nagsipaglingkod sa templo ay nakalimot sa kahulugan at kahalagahan ng paglilingkod na kanilang ginagampanan. Ang nakita nila ay iyon lamang mga hawak nila at hindi nila nakita ang itinuturo o sinasagisagan ng bagay. Sa paghahandog nila ng mga hayop na inihahain ay napatulad lamang sila sa mga tauhan ng isang dula. Ang mga palatuntunan na Diyos na rin ang nagtakda ay siya na ring bumulag sa kanilang isip at nagpatigas sa kanilang puso. Wala nang magagawa pa ang Diyos sa tao sa pamamagitan ng mga paraang ito. Dahil dito'y kailangan nang alisin ang lahat ng seremonyang ito.

Ang pagdaraya ng kasalanan ay umabot na sa sukdulan. Ang lahat ng mga galamay sa ikapapahamak ng kaluluwa ng tao ay pawang pinakilos. Nang tanawin ng Anak ng Diyos ang sanlibutan, ang nakita Niya'y kahirapan at kaabaan. Namasdan Niyang may kahabagan kung paanong ang mga tao ay naging mga biktima ng kalupitan ni Satanas. Nakita Niyang may buong pagkahabag ang mga pinasama, pinatay, at nawaglit. Ang pinili nila ay isang pinunong sa kanila'y nagtanikala na tulad sa mga bihag. Patuloy silang lumalakad na parang prusisyon, na mga sindak at lito, patungo sa [37]
walang-hanggang kapahamakan—sa kamatayang walang pag-asa sa buhay, sa gabing walang darating na umaga. Ang mga diyablong galamay ni Satanas ay nakipagkaisa sa mga tao. At ang mga katawang ginawa ng Diyos upang tahanan ng Kaniyang Banal na Espiritu, ay naging mga tahanan ng mga demonyo. Ang mga pag-iisip, mga nerbiyos, mga hilig ng damdamin, at mga sangkap ng mga tao, ay pawang kinilos ng mga diyablong makapangyarihan sa pagpapakagumon sa pinakamahahalay na pita. Ang tatak ng mga demonyo ay nailagay sa mga mukha ng mga tao. Sa mga mukha ng mga tao ay nasasalamin ang inihahayag ng mga pulutong na kasamaan na umaali sa kanila. Iyan ang kalagayan noong darating na ang Manunubos. Ano ngang panoorin na mamasdan ng Walanghanggang Kalinisan!

Ang kasalanan ay naging isa nang agham o siyensiya, at ang bisyo ay naging isang banal na bahagi ng relihiyon. Ang paghihimagsik ay nag-ugat na nang malalim sa puso, at naging napakarahas na ang pakikilaban ng tao sa langit. Sa harap ng santinakpan ay malinaw na napatunayan, na kung wala ang Diyos, ay hindi mahahango ang tao. Isang bagong elemento ng buhay at kapangyarihan ang dapat ipagkaloob Niyaong gumawa ng sanlibutan.

Taglay ang matinding kasabikang minasdan o hinintay ng mga sanlibutang di-nagkasala kung titindig si Jehoba, at lilipulin ang mga tumatahan sa lupa. At kung sakaling ito'y gawin ng Diyos, ay nakahanda naman si Satanas na ituloy ang kaniyang panukala na makabig ang mga anghel sa langit. Ipinagsigawan niya na ang mga simulain ng pamahalaan ng Diyos ay hindi nagpapahintulot ng kapatawaran. Kung winasak noon ang sanlibutan, sana'y nasabi niyang tama ang kaniyang mga paratang. nakahanda siyang ipataw sa Diyos ang lahat ng sisi, at ilaganap sa ibang mga sanlibutan ang
[38] kaniyang paghihimagsik. Subali't sa halip na lipulin ng Diyos ang sanlibutan, ay isinugo Niya ang Kaniyang bugtong na Anak upang ito'y iligtas. Bagama't sa lahat ng dako ng naghimagsik na lupa ay nakikita ang kasamaan at paglaban, ay isang paraan ang ginawa ng Diyos upang ito'y mabawi. Sa karurukan ng kagipitan, noong waring magtatagumpay na si Satanas, ay noon dumating ang Anak ng Diyos na taglay ang balita ng kaligtasan. Sa bawa't sandali ng buong kapanahunan, ay hindi nagkulang ang pag-ibig at pagmamahal ng Diyos sa nagkasalang sangkatauhan. Sa kabila ng katampalasanan ng mga tao, ay patuloy na ipinamalas ang mga tanda ng kahabagan ng Diyos. At nang sumapit na ang kapuspusan ng panahon, ay ikinaligaya't ikinaluwalhati ng Diyos na ibuhos sa sanlibutan ang isang baha ng nagpapagaling na biyaya na di-kailanman pipigilin o babawiin hanggang sa maganap ang panukala ng pagliligtas.

Masayang ipinagmalaki ni Satanas na kaniyang napapangit ang larawan ng Diyos sa sangkatauhan. Dahil dito'y naparito si Jesus upang isauli sa tao ang larawan ng Maykapal. Wala kundi si Kristo lamang ang tanging makahuhugis nang panibago sa likas na sinira ng kasalanan. Naparito Siya upang palayasin ang mga demonyong sumupil sa kalooban at isipan ng tao. Naparito Siya upang tayo'y iangat mula sa pagiging makalupa, upang muling hugisin ang nasirang likas ayon sa anyo at ayos ng Kaniyang banal na likas, at upang
[39] ito ay parilagin sa pamamagitan ng Kaniyang sariling kaluwalhatian.

## Kabanata 4—Sa Inyo ay Isang Tagapagligtas

Ang kabanatang ito ay batay sa Lukas 2:1-20.

Ang hari ng kaluwalhatian ay nagpakababa upang makuha ang sangkatauhan. Hamak at nakaririmarim ang naging mga kapaligiran Niya sa lupa. Ang Kaniyang kaluwalhatian ay nilambungan, upang ang karilagan ng Kaniyang kaanyuang-panlabas ay huwag makatawag ng pansin. Iniwasan Niya ang lahat ng panlabas na karangyaan. Ang mga kayamanan, karangalang pansanlibutan, at kadakilaang pantao ay di-kailanman makapagliligtas sa tao sa kamatayan; sinadya ni Jesus na alinman sa mga pang-akit na makalupa ay huwag maging dahil ng paglapit sa Kaniya ng mga tao. Tanging ganda lamang ng katotohanang makalangit ang dapat makaakit sa mga tao sa pagsunod sa Kaniya. Ang likas ng Mesiyas ay malaon nang paunang-sinabi ng hula, at ang hangad Niya'y tanggapin Siya ng mga tao nang alinsunod sa patotoo ng salita ng Diyos.

Hinangaan ng mga anghel ang maluwalhating panukala ng pagtubos. Minatyagan nila kung paano tatanggapin ng bayan ng Diyos ang Kaniyang Anak, na nababalot ng katawan ng tao. Nanaog ang mga anghel sa lupain ng bayang hinirang. Ang ibang mga bansa'y nanalig sa mga katha ng tao at nagsisamba sa mga diyos na hindi totoo. Nguni't sa lupaing kinahayagan ng kaluwalhatian ng Diyos [40] at sinilayan ng liwanag ng hula, ay doon nanaog ang mga banal na anghel. Di-nakikitang dumating sila sa Jerusalem, sa mga piniling tagapagpaliwanag ng mga Banal na Orakulo, at sa mga naglilingkod sa bahay ng Diyos. Kay Zacarias na saserdote, ay naibalita na ang kalapitan ng pagdating ni Kristo, noong ito'y kasalukuyang naglilingkod sa harap ng dambana sa templo. Ang unang tagapagbalita ay isinilang na, at ang kaniyang pangangaral at pagtuturo ay pinagtibay ng kababalaghan at ng hula. Ang balitang siya'y ipinanganak at ang kahanga-hangang kahulugan ng kaniyang pangangaral ay inilaganap na hanggang sa malayo. Gayon pa man ang Jerusalem ay hindi naghandang tumanggap sa kaniyang Manunubos.

Namangha ang mga sugong tagalangit nang matanaw nila ang pagwawalang-bahala ng mga taong tinawag ng Diyos upang ipatalastas sa sanlibutan ang liwanag ng banal na katotohanan. Ang bansang Hudyo ay iningatan upang gamiting patotoo na si Kristo'y manggagaling sa lahi ni Abraham at sa lipi ni David; gayunma'y wala silang kaalam-alam na ang Kaniyang pagdating ay malapit na. Sa templo ang ginawang paghahandog sa umaga at sa hapon ay tumutuon araw-araw sa Kordero ng Diyos; gayunman kahit dito ay wala ring ginawang paghahanda. Ang mga saserdote at mga guro ng bansa ay hindi nangakaalam na napipinto na ang kadaki-dakilaan sa lahat ng mga pangyayari sa buong panahon. Inusal-usal nila ang kanilang walang-kahulugang mga panalangin, at ginanap ang mga rito ng pagsamba upang makita ng mga tao, nguni't dahil sa sila'y abalang-abala sa pagpapaya-man at sa paghahangad ng karangalan ng sanlibutan ay hindi sila nangahanda nang pakita na ang Mesiyas. Ang gayunding pagwawalang-bahala ang naghari sa buong lupain ng Israel. Mga pusong makasarili at gumon sa sanlibutan ay hindi man lamang nakigalak sa pagsasaya ng buong kalangitan. Iilan lamang
[41] ang nanabik na mamasdan ang Di-nakikita. Sa mga ito inutusan ang mga sugo ng langit.

Mga anghel ang sumama kina Jose at Maria nang sila'y maglakbay mula sa kanilang tahanan sa Nazareth, hanggang sa Bayan ni David. Ang utos ng imperyo ng Roma na patala ang lahat ng taong sakop ng kaniyang malawak na kaharian ay umabot hanggang sa mga tumatahan sa mga kabundukan ng Galilea. Kung paanong noong unang panahon ay tinawag ng Diyos si Ciro na lumuklok sa trono ng kahariang pansanlibutan upang mapalaya niya ang mga bihag ng Panginoon, gayundin naman si Augusto Cezar ay ginamit ng Diyos na kasangkapan Niya upang tupdin ang panukalang madala sa Bethlehem ang ina ni Jesus. Siya ay buhat sa lipi ni David, at ang Anak ni David ay dapat isilang sa bayan ni David. Mula sa Bethlehem, anang propeta, "ay lalabas ... ang Isa na magpupuno sa Israel; na ang pinagbuhatan Niya ay mula nang una, mula nang walang-hanggan." Mikas 5:2. Datapuwa't sa bayan ng kanilang lahing makahari, ay walang kumilala at walang gumalang kina Jose at Maria. Mga pata ang katawan at walang matuluyan, kanilang nilakad ang buong kahabaan ng makitid na lansangan, magbuhat sa pintuan ng siyudad hanggang sa silangang-dulo ng bayan, nguni't

wala rin silang makitang mapagpapahingahan sa gabi. Wala silang lugar sa punung-puno nang bahay-tuluyan. Sa isang walang ayos na kamalig na sinisilungan ng mga hayop, nakakita rin sila sa wakas ng matutuluyan, at dito iniluwal ang Manunubos ng sanlibutan.

Ang buong langit ay nag-umapaw sa pagkakatuwaan, nguni't ang mga tao sa lupa ay walang kamalay-malay. Ang mga banal na nilalang na buhat sa sanlibutan ng kaliwanagan ay nagsilapit sa lupa na taglay ang lalong masidhi at lalong magiliw na kasabikan. Lalong nagliwanag ang sanlibutan dahil sa Kaniyang pakikiharap. Sa ibabaw ng mga gulod ng Bethlehem ay nagkatipon ang di-mabilang na mga anghel. Hinihintay nila ang hudyat upang isigaw nila [42]
sa sanlibutan ang mabuting balita. Kung nagtapat lamang ang mga [43]
pangulo ng Israel sa ipinagkatiwala sa kanila, sana'y nalasap nila ang ligaya ng pagbabalita ng pagkapanganak kay Jesus. Nguni't ngayo'y nilampasan sila.

Ang wika ng Diyos, "Ipagbubuhos Ko ng tubig siya na uhaw, at ng mga bukal ang tuyong lupa." "Sa matwid ay bumabangon ang liwanag mula sa kadiliman." Isaias 44:3; Awit 112:4. Yaong mga naghahanap ng liwanag, at masaya itong tinatanggap, sa kanila'y sisikat ang maningning na liwanag na nagbubuhat sa luklukan ng Diyos.

Sa mga parang na pinagpastulan ng batang si David sa kaniyang kawan, ay may mga pastor na nagpupuyat pa rin sa gabi sa kanilang mga kawan. Sa buong katahimikang oras ng gabi ay napag-usapan nila ang ipinangakong Tagapagligtas, at kanilang idinalanging dumating na sana ang Haring uupo sa luklukan ni David. "At narito, tumayo sa tabi nila ang isang anghel ng Panginoon, at ang kaluwalhatian ng Panginoon ay nagliwanag sa palibot nila: at sila'y totoong nangatakot. At sinabi ng anghel sa kanila, Huwag kayong mangatakot: sapagka't narito, dinadalhan ko kayo ng mabubuting balita ng malaking kagalakan, na siyang sasa buong bayan. Sapagka't ipinanganak sa inyo ngayon sa Bayan ni David ang isang Tagapagligtas, na siya ang Kristong Panginoon."

Sa mga salitang ito, mga tanawin ng kaluwalhatian ang pumuno sa pag-iisip ng mga pastor na nakikinig. Dumating na ang Tagapagligtas sa Israel! Kapangyarihan, pagkakabunyi, at tagumpay ang kalakip ng Kaniyang pagparito. Nguni't dapat silang ihanda ng anghel na kilalanin ang kanilang Tagapagligtas sa karalitaan

at kababaan. “Ito ang magiging tanda sa inyo,” anang anghel, “masusumpungan ninyo ang Sanggol na nababalot ng lampin, at nakahiga sa isang pasabsaban.”

Pinawi ng sugong tagalangit ang kanilang mga pangamba. In-
[44] ihimaton niya sa kanila kung paano makikita si Jesus. Taglay ang mapagmahal na pagsasaalang-alang sa kahinaan nila bilang mga tao, binigyan niya sila ng panahong mabihasa sa kaniyang banal na kaningningan. Nang magkagayo’y hindi na naikubli ang katuwaan at kaluwalhatian. Ang buong kaparangan ay nagliwanag sa nakasisilaw na kaningningan ng mga hukbo ng Diyos. Natahimik ang lupa, at ang langit ay yumuko upang pakinggan ang awit na—

“Luwalhati sa Diyos sa kataas-taasan,
At sa lupa’y kapayapaan,
Sa mga taong may mabuting kalooban.”

O kung sana’y makikilala ngayon ng sangkatauhan ang awit na yaon! Ang mga salitang ipinahayag noon, at ang notang inihimig noon, ay mag-iinugong nga hanggang sa dulo ng panahon, at aalingawngaw hanggang sa mga wakas ng lupa. Kapag bumangon na ang Araw ng Katwiran, na may kagalingan sa Kaniyang mga pakpak, ang awit na iyon ay muling iaalingawngaw ng isang lubhang karamihan, na gaya ng tinig ng maraming tubig, na nagsasabing, “Aleluya: sapagka’t naghahari ang Panginoong ating Diyos na makapangyarihan sa lahat.” Apocalipsis 19:6.

Nang mawala na ang mga anghel, naparam na rin ang liwanag, at lumatag nang muli ang kadiliman ng gabi sa mga burol ng Bethlehem. Subali’t ang pinakamaningning na larawang kailanma’y nakita na ng mga mata ng mga tao ay di-nakatkat sa alaala ng mga pastor. “At nangyari, nang lisanin sila ng mga anghel na nangapasa langit, ang mga pastor ay nangagsang-usapan, Magsiparoon nga tayo ngayon hanggang sa Bethlehem, at ating tingnan itong bagay na nangyari, na ipinagbigay-alam sa atin ng Panginoon. At sila’y dali-daling nagsiparoon, at nasumpungan kapwa si Maria at si Jose,
[45] at ang Sanggol na nakahiga sa pasabsaban.”

Tuwang-tuwa silang nagsiuwi, na ibinabalita ang mga bagay na kanilang nakita at narinig. “At lahat ng nangakarinig nito ay nangagtaka sa mga bagay na sinabi sa kanila ng mga pastor. Dat-

apwa't iningatan ni Maria ang lahat ng mga pananalitang ito, at pinagbulay-bulay sa kaniyang puso. At nangagbalik ang mga pastor, na niluluwalhati at pinupuri ang Diyos."

Ang layo ng langit at lupa ngayon ay gaya rin noong mapakinggan ng mga pastor ang awit ng mga anghel. Ang mga tao'y sinusuyo pa rin ng Langit hanggang ngayon na gaya noong magtagpo isang tanghaling-tapat ang mga anghel at ang mga karaniwang taong may karaniwang hanapbuhay, at sa kanila'y makipag-usap ang mga sugong tagalangit sa mga ubasan at kaparangan. Sa atin na mga karaniwang tao, ang langit ay maaaring maging napakalapit. Mga anghel na buhat sa mga korte sa langit ang magsisipagbantay o sasama sa mga paglakad niyaong mga masunurin sa mga iniuutos ng Diyos.

Ang kasaysayan ng Bethlehem ay isang paksang dikumukupas. Dito natatago "ang malalalim na mga kayamanan ng karunungan at kaalaman ng Diyos." Roma 11:33. Hinahangaan nati't ipinagtataka ang pagkakapagpakasakit ng Tagapagligtas nang ipagpalit Niya ang trono ng langit sa isang pasabsaban, nang ipagpalit Niya ang pakikisama ng sumasambang mga anghel sa pakikisama ng mga hayop ng isang pasabsaban. Sa harap Niya ay nasusuwatan ang kataasan at kapalaluan ng tao. Nguni't ito'y simula pa lamang ng Kaniyang kahanga-hangang pagpapakababa. Maituturing na ngang halos sukdulan na ng pagpapakababa na ang Anak ng Diyos ay magbihis ng likas ng tao, kahit na noong si Adan ay wala pang kasalanan sa Eden. Nguni't tinanggap ni Jesus ang pagkakatawang-tao nang ang sangkatauhan ay apat na libong taon nang pinahina ng kasalanan. Tulad ng bawa't isang anak ni Adan ay tinanggap Niya ang mga bunga ng paggawa ng dakilang batas ng pagmamana. Kung ano nga ang mga bungang ito ay siyang ipinakikita sa kasaysayan ng [46]
Kaniyang mga ninuno dito sa lupa. Naparito Siyang taglay ang ganyang mga minana upang magawa Niyang makiramay sa mga dumarating na dalamhati at tukso sa atin, at upang makapagbigay sa atin ng halimbawa ng isang di-nagkakasalang pamumuhay.

Sa langit ay kinamuhian ni Satanas si Kristo dahil sa Kaniyang katayuan sa mga palasyo ng Diyos. Lalo nang nag-ulol ang pagkamuhi nito sa Kaniya nang ito'y mapalayas na. Gayunma'y tinulutan ng Diyos na sa sanlibutang itong inangkin ni Satanas na sakop nito ay pumarito ang Kaniyang Anak, na tulad sa isang mahinang sang-

gol, na batbat ng kahinaan ng tao. Tinulutan Niya Siyang sumagupa sa mga panganib ng buhay na gaya ng lahat ng tao, na makibakang tulad ng bawa't anak ng tao, na maaaring mabigo at mawaglit magpasawalang-hanggan.

Ang puso ng amang tao ay nagigiliw sa kaniyang anak. Tinititigan niya ang mukha ng maliit niyang sanggol, at nangingilabot siya kung kaniyang naiisip na nabibingit sa panganib ang buhay nito. Nilulunggati niyang maikanlong ang kaniyang mahal na anak sa kapangyarihan ni Satanas, upang maiiwas ito sa tukso at pakikilaban. Nguni't ang Diyos naman, upang sagupain ang lalong mahigpit na pakikilaban at ang lalong nakatatakot na panganib, ay ibinigay ang Kaniyang bugtong na Anak, nang sa gayo'y matiyak ang kaligtasan sa landas ng buhay ng ating maliliit na anak. "Naririto ang pag-ibig."
[47] Humanga ka, O langit! at manggilalas ka, O lupa!

# Kabanata 5—Ang Pagtatalaga

Ang kabanatang ito ay batay sa Lukas 2:21-38.

Makaraan ang apatnapung araw buhat nang ipanganak si Kristo, ay dinala Siya ni Jose at ni Maria sa Jerusalem, upang iharap Siya sa Panginoon, at upang maghandog ng hain. Ito ay pag-alinsunod sa kautusan ng mga Hudyo, at bilang kahalili ng tao si Kristo'y dapat umalinsunod sa kautusan sa lahat ng paraan. Isinagawa na sa Kaniya ang rito ng pagtutuli, na pinakapangako ng Kaniyang pagtalima sa kautusan.

Hinihingi ng kautusan, na ang handog para sa ina ay isang tupang iisahing taon na handog na susunugin, at isa namang kalapati o isang batu-bato na handog sa kasalanan. Nguni't itinatagubilin din ng kautusan na kung sakaling maralita ang mga magulang at hindi kayang maghandog ng tupa, ay maaari nang tanggaping kahalili ang dalawang batu-bato o dalawang kalapati, ang isa'y para sa handog sa susunugin, at ang isa pa'y para sa handog na patungkol sa kasalanan.

Ang mga handog na hain sa Panginoon ay dapat na walang kapintasan. Ang mga handog na ito'y kumakatawan kay Kristo, at dito nga'y mapagkikilalang si Jesus ay talagang walang kapintasan sa pangangatawan. Siya "ang korderong walang kapintasan at walang dungis." 1 Pedro 1:19. Ang Kaniyang pangangatawan ay hindi [48] nadungisan ng anumang kapintasan; ang katawan Niya ay malakas at malusog. At buong buhay Niya ay umalinsunod Siya sa mga batas ng katalagahan. Sa pangangatawan at sa espiritu, Siya ay isang halimbawa ng kung ano ang panukala ng Diyos na mangyari sa lahat ng tao sa pamamagitan ng pagtalima sa Kaniyang mga kautusan.

Ang pagtatalaga sa panganay na anak ay nagsimula noon pang mga unang panahon. Nangako ang Diyos na ibibigay Niya ang Panganay ng langit upang iligtas ang makasalanan. Ang pagbibigay na ito'y dapat kilanlin ng bawa't sambahayan sa pamamagitan ng pagtatalaga sa panganay na anak na lalaki. Siya'y itatalaga sa pagkasaserdote, bilang kinatawan ni Kristo sa gitna ng mga tao.

Nang ilabas na ng Diyos ang Israel buhat sa Ehipto, ay muling ipinag-utos ang pagtatalaga sa mga panganay. Noong alipin pa ng mga Ehipsiyo ang Israel, ay pinagbilinan ng Panginoon si Moises na pumaroon kay Paraong hari ng Ehipto, at sabihing, "Ganito ang sabi ng Panginoon, Ang Israel ay Aking anak, Aking panganay: at Aking sinabi sa iyo, Pahintulutan mong ang Aking anak ay yumaon, upang Siya'y makapaglingkod sa Akin; at ayaw mo siyang payaunin, narito, aking papatayin ang iyong anak, ang iyong panganay." Exodo 4:22, 23.

Ipinahayag ni Moises ang ipinasasabi sa kaniya; subali't ang sagot ng palalong hari ay "Sino ang Panginoon, na aking pakikinggan ang Kaniyang tinig, upang pahintulutan kong yumaon ang Israel? Hindi ko nakikilala ang Panginoon, at saka hindi ko pahihintulutang yumaon ang Israel." Exodo 5:2. Sa pamamagitan ng mga tanda at mga kababalaghan ay gumawa ang Panginoon para sa Kaniyang bayan, na nagpadala ng kakila-kilabot na mga parusa kay Paraon. Sa wakas ang anghel na mamumuksa ay pinagbilinang lipulin ang mga panganay ng tao at hayop sa buong Ehipto.
[49] Nguni't upang maligtas ang Israel, sila'y pinagbilinang magpahid o maglagay ng dugo ng tupa sa itaas ng mga haligi ng pinto. Bawa't bahay ay lalagyan ng tanda, upang pagdaan ng anghel sa pakay niyang manlipol, ay lampasan niya ang mga bahay ng mga Israelita.

Nang maipadala na ang hatol na ito sa Ehipto, ay nagsalita ang Panginoon kay Moises, "Pakabanalin mo sa Akin ang lahat ng mga panganay, ... maging sa tao at maging sa hayop ay Akin;" "sapagka't nang araw na Aking lipulin ang lahat ng mga panganay sa lupain ng Ehipto, ay Aking pinapaging banal sa Akin, ang lahat ng mga panganay sa Israel, maging tao at maging hayop: sila'y magiging Akin; Ako ang Panginoon." Exodo 13:2; Mga Bilang 3:1. Nang maitatag na ang paglilingkod sa tabernakulo, ay pinili ng Panginoon ang lahi ni Levi na kahalili ng lahat ng panganay ng Israel upang ito ang maglingkod sa tabernakulo. Gayon pa man ang mga panganay ay itinuturing pa ring sa Panginoon, at kailagang tubusin upang sila'y mabawi.

Dahil dito kaya ginawang tangi nang makahulugan ang paghahandog sa mga panganay. Kung bagaman ito'y nagpaalaala ng kahanga-hangang pagliligtas ng Panginoon sa mga anak ni Israel, ito ay naging sagisag din ng lalong dakilang pagliligtas, na gagawin ng

bugtong na Anak ng Diyos. Kung paanong ang dugong iwinisik sa mga haligi ng pintuan ay nakapagligtas sa mga panganay ng Israel, ay gayundin naman may kapangyarihang magligtas sa sanlibutan ang dugo ni Kristo.

Kaydakila nga ng kahulugang nakakapit sa paghahain kay Kristo! Datapwa't ang tingin ng saserdote ay hindi lumampas sa handog; hindi niya nabasa ang hiwagang nasa likod niyon. Ang paghahandog ng mga sanggol ay karaniwan nang tanawing nakikita noon. Arawaraw ay tumatanggap ang saserdote ng salaping panubos sa tuwing ihahain sa Panginoon ang mga sanggol. Arawaraw ay karaniwan ang kaniyang ginagawa, na di-gasi- nong pinapansin [50]
ang mga magulang o ang mga anak, malibang may makita siya sa gayak at ayos ng mga magulang na sila'y mga mariwasa at may mataas na katungkulan. Sina Jose at Maria ay maralita; at nang sila'y magsidulog na dala ang kanilang Sanggol, ang nakita lamang ng mga saserdote ay isang lalaki at isang babaing nakagayak Galileo, at nakadamit maralita. Wala sa ayos nila ang makatatawag ng pansin, at ang inihandog lamang nila ay ang haing karaniwang ibinibigay ng maraiitang mga tao.

Ginawa ng saserdote ang seremonyang iniaatas ng kaniyang katungkulan. Hinawakan niya ang Sanggol, at itinaas Ito sa harap ng dambana. Pagkatapos na Ito'y maibalik sa Kaniyang ina, ay itinala niya sa talaan ng mga panganay ang pangalang "Jesus." Hindi man lamang sumagi sa kaniyang isip, nang hawak niya ang Bata, na Ito ang Hari ng langit, ang Hari ng kaluwalhatian. Hindi nasok sa isip ng saserdote na ang Sanggol na ito ay siyang isinulat ni Moises na aniya'y, "Ang Panginoon ninyong Diyos ay magtitindig sa inyo ng isang Propetang gaya ko, mula sa gitna ng inyong mga kapatid; Siya ang inyong pakinggan sa lahat ng mga bagay na sasalitain Niya sa inyo." Mga Gawa 3:22. Hindi niya napagisip na ang Sanggol na ito ay Siya na ang angking kaluwalhatian ay siyang hiniling ni Moises na makita. Nguni't Isang higit na dakila kaysa kay Moises ang hawak ng mga kamay ng saserdote; at nang itala niya ang ngalan ng Sanggol sa talaan ng mga panganay, ay itinala niya roon ang pangalan ng Isa na siyang pinagsasaligan ng buong bansang Hudyo. Ang pangalan yaon ay siya nilang magiging hatol na pamatay; sapagka't ang buong utos tungkol sa paghahain at paghahandog ay lumilipas na; halos

magtatagpo na ang anino at ang inaaninuhan, ang sagisag at ang katunayan.

Ang Shekinah (Pakikiharap ng Diyos sa lupa) ay nawala na sa
[51] santuwaryo, datapwa't sa Sanggol ng Bethlehem ay natatago ang kaluwalhatiang sinasamba ng mga anghel. Ang walang-malay na Sanggol na ito ay siyang binhing ipinangako, na siyang itinuro ng kaunaunahang dambanang itinayo sa may pintuan ng Eden. Ito ang Shiloh,ang tagapagbigay ng kapayapaan. Ito ang nagpahayag kay Moises na Siya ang AKO NGA. Siya ang naging patnubay ng Israel sa pamamagitan ng haliging ulap at haliging apoy. Siya ang malaon nang hinulaan ng mga propeta. Siya ang Nasa ng lahat ng mga bansa, ang Ugat at Supling ni David, at ang maningning na Tala sa umaga. Ang pangalan ng maliit at walangmagagawang Sanggol na iyon, na itinala sa talaan ng Israel, na nagsasabing Siya'y ating kapatid, ay siyang pag-asa ng nagkasalang sangkatauhan. Ang Sanggol na binayaran ng salaping pantubos ay Siyang nagbayad ng pantubos sa mga kasalanan ng buong sanlibutan. Siya ang tunay na "dakilang saserdote sa bahay ng Diyos," ang pangulo ng "di-nababagong pagkasaserdote," ang tagapamagitang "nasa kanang kamay ng Karangalan sa kaitaasan." Hebreo 10:21; 7:24; 1:3.

Ang mg bagay na ukol sa espiritu ay napagkikilala sa pamamagitan ng espiritu. Ang Anak ng Diyos ay itinalaga sa loob ng templo sa gawaing pinarituhan Niyang gawin. Siya'y tiningnan ng saserdote na gaya rin ng pagtingin nito sa ibang mga sanggol. Nguni't bagama't wala itong nakita o naramdamang anumang di-karaniwan, gayunma'y ang ginawa ng Diyos na pagbibigay ng Kaniyang Anak sa sanlibutan ay kinilala rin. Ang pagtatalagang ito ay hindi nakalampas na di-kinilala si Kristo. "May isang lalaki sa Jerusalem, na nagngangalang Simeon; at ang lalaking ito ay matwid at banal, na naghihintay ng kaaliwan ng Israel; at ang Espiritu Santo ay sumasa kaniya. At inihayag sa kaniya ng Espiritu Santo, na hindi siya makakatikim ng kamatayan, bago niya makita ang Kristo ng Panginoon."

[52] Pagpasok ni Simeon sa templo, nakita niya ang isang mag-anak
[53] na iniharap sa saserdote ang kanilang panganay na anak. Ang anyo nila ay nagpapakilala ng karukhaan; subali't talastas ni Simeon ang mga pasabi ng Espiritu, at siya'y inudyukan na ang sanggol na kasalukuyang inihahandog sa Panginoon ay siyang Kaaliwan

ng Israel, ang Isa na pinagmimithian niyang makita. Sa tingin ng namanghang saserdote, si Simeon ay tulad sa isang lalaking natitigilan. Ang sanggol ay naiabot nang muli ng saserdote kay Maria, at ito'y kinuha ni Simeon at inihandog niya sa Diyos, samantala'y isang malaking katuwaang di-kailanman niya naramdaman nang una ang pumasok sa kaniyang puso. Nang buhatin niyang pataas ang sanggol na Tagapagligtas, ay kaniyang sinabi, "Ngayon nga, Oh Panginoon, papanawin Mo nang payapa ang Iyong lingkod, ayon sa Iyong sinalita: sapagka't nakita ng Aking mga mata ang Iyong pagliligtas, na Iyong inihanda sa harap ng Iyong buong bayan; isang ilaw na tatanglaw sa mga bansa, at ang kaluwalhatian ng Iyong bayang Israel."

Ang espiritu ng panghuhula ay kumasi sa lalaking ito ng Diyos, at samantalang nakatayo sina Jose at Maria na natitigilan sa kaniyang mga sinasabi, ay pinagpala niya sila, at kay Maria'y sinabi niya, "Narito, ang Sanggol na ito ay inilagay sa ikabubuwal at ikababangon ng marami sa Israel; at pinakatandang tudlaan ng paglaban; (oo, at paglalampasanan ng isang tabak ang iyong sariling kaluluwa rin naman,) upang mangahayag ang mga pag-iisip ng maraming puso."

Si Ana rin naman na propetisa, ay pumasok at pinagtibay ang mga sinabi ni Simeon tungkol kay Kristo. Nang magsalita si Simeon, ay nagliwanag ang mukha ni Ana sa kaluwalhatian ng Diyos, at ibinulalas niya ang kaniyang buong-pusong pasasalamat na siya'y tinulutang makita niya ang Kristong Panginoon.

Hindi nawalan ng kabuluhan ang pag-aaral ng hula ng mga abang taong ito. Datapwa't yaong mga may ha- wak ng katungkulang [54]
pagka-pangulo at pagkasaserdote sa Israel, bagama't kaharap-harap nila ang mga mahahalagang pangungusap ng hula, ay hindi naman nagsisilakad sa daan ng Panginoon, kaya't hindi namulat ang kanilang mga mata upang makita ang Ilaw ng kabuhayan.

Ganyan pa rin ang nangyayari hanggang ngayon. Ang mga pangyayaring mahalagang-mahalaga sa buong langit ay hindi napagkikilala; ang tiyak na pangyayari ng mga ito ay hindi napapansin ng mga namumuno sa relihiyon at ng mga sumasamba sa bahay ng Diyos. Kinikilala ng mga tao ang Kristo ng kasaysayan, samantala'y tinatalikuran naman nila ang Kristong nabubuhay. Ang Kristong namamanhik sa Kaniyang salita na ang tao'y magpakasakit, na sumaklolo sa mga maralita at nasa karamdaman, at dumamay sa

matwid na pangangailangan ng mga nasa kagipitan at paghihirap at pagkadusta, ay hindi higit na Siya'y tinatanggap kaagad ngayon na gaya noong may sanlibo't walongdaang taon na ang nakararaan.

Inisip ni Maria ang malawak na naaabot ng hula ni Simeon. Habang sinasalamin niya ang mukha ng Sanggol na kaniyang kalong, at ginugunita ang mga pangungusap na binigkas ng mga pastor ng Bethlehem, ay nag-uumapaw sa kaniyang puso ang tuwa, pasasalamat at pag-asa. Ang mga salita ni Simeon ay nagpaalaala sa kaniya ng hula ni Isaias na: "At lalabas na usbong sa puno ni Isai, at isang Sanga mula sa kaniyang mga ugat ay magbubunga: at ang Espiritu ng Panginoon ay sasa Kaniya, ang diwa ng karunungan at ng kaunawaan, ang diwa ng payo at katibayan, ang diwa ng kaalaman at ng takot sa Panginoon. ... At katwiran ang magiging bigkis ng Kaniyang baywang, at pagtatapat ang pamigkis ng Kaniyang mga balakang." "Ang bayan na lumakad sa kadiliman ng kamatayan, sa kanila sumilang ang liwanag. ... Sapagka't sa atin ay ipinanganak
[55] ang isang Bata, sa atin ay ibinigay ang isang Anak na lalaki: at ang pamamahala ay maaatang sa Kaniyang balikat: at ang Kaniyang pangalan ay tatawaging Kamangha-mangha, Tagapayo, Makapangyarihang Diyos, Walang-hanggang Ama, Pangulo ng Kapayapaan." Isaias 11:1-5; 9:2-6.

Gayon pa man ay hindi pa rin naunawaan ni Maria ang layunin o misyon ni Kristo. Ang hula ni Simeon tungkol sa Kaniya ay Siya'y isang ilaw na tatanglaw sa mga Hentil, at magiging kaluwalhatian sa Israel. Ganyan ang ipinahayag ng mga anghel noong ibalita nila ang pagkapanganak sa Tagapagligtas, na nagbigay ng katuwaan sa lahat ng mga bayan. Sinisikap noong itumpak ng Diyos ang makitid na paniniwala ng mga Hudyo tungkol sa gawain ng Mesiyas. Hangad Niyang tingnan Siya ng mga tao, hindi lamang bilang Tagapagligtas ng Israel, kundi bilang Manunubos din naman ng sanlibutan. Nguni't kinailangang marami munang taon ang lumipas bago naunawaan maging ng ina ni Jesus ang tunay Niyang misyon.

Inasahan ni Maria na maghahari ang Mesiyas sa luklukan ni David, datapwa't hindi niya natanaw ang bautismo ng paghihirap na dapat munang daanan. Ipinahayag sa pamamagitan ni Simeon na hindi maginhawa ang daraanan ng Mesiyas sa sanlibutan. Sa sinabi kay Maria na, "Paglalampasanan ng isang tabak ang iyong sariling kaluluwa rin naman," ay ipinahiwatig ng Diyos sa ina ni Jesus, ayon

sa malumanay Niyang kaawaan, ang kadalamhatiang dinaranas na niya noon pa man alang-alang sa Kaniya.

"Narito," winika ni Simeon, "ang Sanggol na ito ay inilagay sa ikabubuwal at ikababangon ng marami sa Israel; at pinakatandang tudlaan ng paglaban." Dapat munang mabuwal yaong mga magsisibangong muli. Dapat muna tayong mahulog sa Bato at madurog bago tayo maiangat kay Kristo. Dapat munang alisin ang pagkamakasarili, dapat munang magpakumbaba ang kayabangan, kung [56]
ibig nating makilala ang kaluwalhatian ng kahariang espirituwal. Hindi matatanggap ng mga Hudyo ang karangalang tinatamo sa pamamagitan ng pagpapakababa. Kaya nga hindi nila matanggap ang kanilang Manunubos. Siya'y isang tanda na pag-uukulan ng paglaban.

"Upang mangahayag ang mga pag-iisip ng maraming puso." Sa liwanag ng kabuhayan ng Tagapagligtas, ay mangahahayag ang mga pag-iisip ng puso ng lahat, buhat sa pag-iisip ng Maykapal hanggang sa pag-iisip ng prinsipe ng kadiliman. Inilarawan ni Satanas ang Diyos bilang makasarili at mapaniil, na inaangkin ang lahat, at di nagbibigay ng anuman, na humihinging Siya'y paglingkuran ng Kaniyang nilalang para sa Kaniyang sariling ikaluluwalhati, at walang ginawang anumang pagpapakasakit para sa ikabubuti nila. Datapwa't ang pagkakapagbigay kay Kristo ay naghahayag ng puso ng Ama. Nagpapatunay ito na ang mga iniisip ng Diyos sa atin ay "mga pag-iisip tungkol sa kapayapaan, at hindi tungkol sa kasamaan." Jeremias 29:11. Ipinakikilala nito na bagaman ang pagkapoot ng Diyos sa kasalanan ay kasintindi ng kamatayan, ang pag-ibig naman Niya sa nagkasala ay higit na makapangyarihan kaysa kamatayan. Yamang sinimulan na Niya ang pagtubos sa atin, ay wala nang makapipigil na anuman sa Kaniya, kahit yaong pinakamamahal Niya, matapos lamang Niya ang Kaniyang gawain. Wala Siyang ikinakait na katotohanan kailanma't kailangan sa ikaliligtas, walang kababalaghan ng kaawaan na Kaniyang kinaliligtaan, walang tulong na diginagamit. Awa at awa ang pinasasagana, kaloob at kaloob ang ibinibigay. Ang buong kabang-yaman ng langit ay nakabukas para sa mga pinagsisikapan Niyang mailigtas. Pagkatapos matipon ang mga kayamanan ng santinakpan, at mabuksan naman ang lahat ng taguan ng walang-hanggang kapangyarihan, ay ibinibigay Niya ang lahat ng ito sa mga kamay ni Kristo, at sinasabi, [57]

Ang lahat ng ito ay para sa tao. Gamitin Mo ang mga kaloob na ito upang mapapaniwala ang tao na walang pag-ibig sa langit o sa lupa na hihigit pa sa Aking pagibig. Ang pinakamalaki niyang kaligayahan ay masusumpungan sa pag-ibig sa Akin.

Sa krus ng Kalbaryo, ay nagkaharap ang pag-ibig at ang kasakiman. Dito ay kitang-kita ang kanilang anyo. Si Kristo'y nabuhay Iamang upang umaliw at magpala, at nang Siya'y patayin, ay inihayag ni Satanas ang kalupitan ng poot niya sa Diyos. Kaniyang ipinakilala na ang tunay niyang layunin sa kaniyang paghihimagsik ay ang mapaalis ang Diyos sa trono, at tuloy lipulin Siya na kinahayagan ng pag-ibig ng Diyos.

Sa pamamagitan ng buhay at kamatayan ni Kristo, ay nahayag din naman ang mga iniisip ng mga tao. Buhat sa pasabsaban ng mga hayop hanggang sa krus, ang buhay ni Jesus ay isang panawagan na isuko ang sarili, at makiisa sa kahirapan. Ito ang naghayag ng mga layunin ng mga tao. Si Jesus ay naparitong dala ang katotohanan ng langit, at ang lahat ng nangakinig sa tinig ng Banal na Espiritu ay nailapit sa Kaniya. Ang mga sumasamba sa sarili ay mga kabilang sa kaharian ni Satanas. Sa kanilang ipakikitungo kay Kristo, ay ipakikiIala ng lahat kung kanino sila pumapanig. At sa ganito'y hinatulan ng bawa't isa ang kaniyang sarili.

Sa huling araw ng paghatol, ay mapag-uunawa ng bawa't nawagli't na tao ang uri ng kaniyang sariling pagtanggi sa katotohanan. Ihaharap ang krus, at ang tunay na kahulugan nito ay mapagkikilala ng bawa't isip na binulag ng kasalanan. Sa harap ng pangitaing iyan ng Kalbaryo na kinababayubayan ng mahiwagang Hain, ay tatayong mangahahatulan ng mga makasalanan. Mahahawi ang lahat ng bulaang pagdadahilan. Lilitaw ang karumal-dumal na uri ng pagtataksil ng tao sa katotohanan. Makikita ng mga tao kung ano
[58] ang kanilang pinili. Doon nga maliliwanagan kung alin ang tama at kung alin ang mali sa mga suliraning maluwat nang pinaglalabanan. Sa panahon ng paghatol sa santinakpan, ang Diyos ay hindi masisisi sa pagkakasipot o pamamalagi ng kasamaan. Mapatutunayan na ang mga utos ng Diyos ay hindi siyang pinagbubuhatan ng kasalanan. Walang maipipintas sa pamahalaan ng Diyos, walang sukat maging dahilan ng di-kasiyahan. Pagka nahayag na ang mga pag-iisip ng lahat ng mga puso, ang mga nagtapat at ang mga naghimagsik ay magkakaisa sa pagsasabing, "Matuwid at tunay ang Iyong mga daan,

Ikaw na Hari ng mga bansa. Sinong hindi matatakot sa Iyo, Oh, Panginoon, at luluwalhatiin ang Iyong pangalan? ... sapagka't ang iyong mga matuwid na gawa ay nangahayag ang Iyong mga hatol." Apokalipsis 15:3, 4. [59]

## Kabanata 6—“Aming Nakita ang Kaniyang Bituin”

Ang kabanatang ito ay batay sa Mateo 2.

“Nang ipanganak nga si Jesus sa Bethlehem ng Judea sa mga kaarawan ng haring si Herodes, narito, ang mga pantas na lalaki ay nagsidating sa Jerusalem mula sa Silanganan, na nagsisipagsabi, Saan naroon ang ipinanganak na Hari ng mga Hudyo? Sapagka't aming nakita ang Kaniyang bituin sa Silanganan, at naparito kami upang Siya'y sambahin.”

Ang mga pantas na lalaking buhat sa Silanganan ay mga pilosopo. Kabilang sila sa isang malaki at maimpluwensiyang angkan, na kasama ng lahing hari, at sila ang bumubuo sa mayayaman at marurunong ng kanilang bansa. Nabibilang dito ang marami sa mga nagpapasampalataya sa mga tao. Ang mga iba naman ay mga lalaking matwid na nagsipag-aral ng mga ipinahihiwatig ng Diyos sa pamamagitan ng kalikasan o katalagahan, at sila'y mga iginagalang dahil sa kanilang karunungan at walang-dungis na pamumuhay. May ganitong likas ang mga pantas na lalaking dumalaw kay Jesus.

Ang liwanag ng Diyos ay laging nagniningning sa gitna ng kadiliman ng paganismo. Habang pinag-aaralan ng mga Magong ito ang mabituing kalangitari, at nililirip ang hiwagang itinatago ng nagliliwanag nilang mga landas, ay nakita nila ang kaluwalhatian ng
[60] Manlalalang. Sa paghanap nila ng lalong mabuting paliwanag, ay bumaling sila sa mga Kasulatan ng mga Hebreo. May mga kasulatan sila ng hula sa sarili nilang lupain na nagbabalitang may darating na gurong buhat sa Diyos. Si Balaam ay nabibilang sa mga mahiko, bagama't noong minsa'y isa siyang propeta ng Diyos; sa udyok ng Espiritu Santo ay hinulaan niyang mananagana ang Israel at pakikita ang Mesiyas; at ang mga hula niya ay nagpasalin-salin sa bibig ng mga sumunod na lahi ng lumipas na mga daan-daang taon. Datapuwa't sa Matandang Tipan ay lalong malinaw na inihahayag ang pagdating ng Tagapagligtas. Masayang tinanggap ng mga Mago

ang turong malapit na Siyang dumating, at ang buong sanlibutan ay mapupuno ng pagkakilala sa kaluwalhatian ng Panginoon.

Ang mga pantas na lalaki ay nakakita sa langit ng isang mahiwagang liwanag noong gabing bumaha ang kaluwalhatian ng Diyos sa mga burol ng Bethlehem. Nang mapawi na ang liwanag, isa namang makinang na bituin ang lumitaw, at nanatili sa kalangitan. Hindi iyon isang tala ni isang planeta man, at ang di-pangkaraniwang pangyayaring iyon ay lumikha ng napakalaking pagtataka. Ang bituing iyon ay isang nasa malayong pulutong ng nagliliwanag na mga anghel, nguni't ito'y hindi alam ng mga lalaking pantas. Nag-usisa sila sa mga saserdote at sa mga pilosopo, at tuloy sinaliksik nila ang mga balumbon ng matatandang kasulatan. Ang hula ni Balaam ay nagpahayag, "Lalabas ang isang Bituin sa Jacob, at may isang Setro na lilitaw sa Israel." Mga Bilang 24:17. Ito kayang naiibang bituing ito ang siyang inutusang magbalita ng Isang Ipinangako? Tinanggap ng mga Mago ang liwanag tungkol sa katotohanang ipinadala ng langit; ngayo'y lalo itong nagliwanag sa kanila. Sa pamamagitan ng mga panaginip ay inutusan silang hanapin nila ang kasisilang na Prinsipe.

Kung paanong sa pananampalataya ay yumaon si Abraham sa
tawag ng Diyos, na "hindi nalalaman kung saan siya paroroon" (He- [61]
breo 11:8); at kung paanong sa pananampalataya ay sinundan ng Is- [62]
rael ang haliging ulap hanggang sa pumasok sila sa Lupang Pangako, ay gayundin nagsiyaon ang mga Hentil na ito upang hanapin ang ipinangakong Tagapagligtas. Ang lupain sa Silanganan ay masagana sa mahahalagang bagay, at ang mga Mago'y hindi lumakad nang walang mga dala. Kinaugalian na ang mag-alay ng mga kaloob sa mga pinuno ng bayan at sa mga taong may matataas na katungkulan bilang tanda ng paggalang, at dinala nila ang pinakamahal na mga kaloob na madadala nila upang ialay sa Kaniya na magbibigay ng pagpapala sa lahat ng mga angkan sa lupa. Ang paglalakbay nila ay kinailangang gawin sa gabi upang lagi nilang matanaw ang bituin; nguni't ang mahabang oras ng gabi ay kanilang pinaraan sa pag-uusapusap ng tungkol sa malaganap na mga kasabihan at mga hulang nauukol sa Isa na kanilang hinahanap. Sa tuwing sila'y hihinto upang mamahinga ay sinasaliksik nila ang mga hula; at dahil dito'y lalong tumindi ang kanilang paniniwala na sila'y pinapatnubayan ng Diyos. Samantalang ang bituing natatanaw nila ay isang

tandang panlabas, nasa kanilang kalooban din naman ang patotoo ng Espiritu Santo, na nagsasalita sa kanilang mga puso, at bumubuhay sa kanilang pag-asa. Sa ganang kanila, ang paglalakbay, bagama't maluwa't, ay masaya naman.

Di-kawasa'y sinapit nila ang lupain ng Israel, at kasalukuyang lumulusong sila sa Bundok ng mga Olibo, na natatanaw ang Jerusalem, nang di-kaginsa-ginsa, ang bituing pumapatnubay sa kanila sa mahaba nilang paglalakbay ay biglang tumigil sa may ibabaw ng templo, at pagkaraan ng ilang saglit ay biglang nawala. Binilisan nila ang kanilang lakad, na nagsisiasang masayang pinaguusapan na ng lahat ang pagkapanganak sa Mesiyas. Datapuwa't nabigo sila sa kanilang mga pagtatanong. Pagpasok nila sa Bayang Banal, ay tumuloy sila sa templo. Sila'y labis na nanggilalas nang wala silang
[63] makitang isa mang nakakaalam na may bagong Haring ipinanganak. Ang kanilang mga pagtatanong ay hindi man ikinatuwa ng mga tao, kundi ikinamangha pa at ikinatakot, at hayag na ikinamuhi.

Inuusal ng mga saserdote ang kanilang mga sali't saling sabi. Itinatanyag nila ang kanilang relihiyon at ang kanilang kabanalan, samantala'y hinahamak naman nila ang mga Griyego at ang mga Romano at itinuturing ang mga ito na mga walang Diyos, at mga makasalanang higit kaysa mga iba. Ang mga pantas na lalaki ay hindi mga mananamba sa mga diyus-diyosan, at sa paningin ng Diyos ay lalo silang marangal kaysa mga ito, na mga nagpapanggap na sumasamba sa Kaniya; gayon pa man ay tulad sa mga walang Diyos ang turing sa kanila ng mga Hudyo. Maging sa gitna ng mga piniling tagapag-ingat ng mga Salita ng Diyos ay hindi man nakaantig ang kanilang maalab na mga pagtatanong.

Ang pagdating ng mga Mago ay madaling nabalita sa buong Jerusalem. Ang nakapagtataka nilang sadya ay lumikha ng alingasngas sa bayan, na umabot sa palasyo ng Haring Herodes. Naghinala ngayon ang tusong Edomita na mayroon siyang kaagaw sa paghahari. Di-mabilang na buhay ang sinawi niya bago siya naluklok sa trono ng kaharian. Siya'y kinapopootan ng mga taong kaniyang pinaghaharian sapagka't siya'y hindi nila kalahi. Kaya lamang siya hindi natitigatig ay sapagka't tinutulungan siya ng Roma. Nguni't ang bagong Prinsipeng ito ay may lalong mataas na karapatan. Siya'y tubo sa kaharian.

Naghinala si Herodes na ang mga saserdote ay nakikipagsabuwatan sa mga taga-ibang lupang ito upang lumikha ng gulo at nang sa gayo'y mapaalis siya sa trono. Gayunma'y hindi niya ipinahalata ang kaniyang hinala, ipinasiya niyang sirain ang kanilang mga pakana sa pamamagitan ng lalong nakahihigit na katusuhan. Ipinatawag niya ang mga pinunong saserdote at ang mga eskriba, at [64] inusisa niya sa kanila kung ano ang turo ng mga Banal na Aklat tungkol sa dakong sisilangan ng Mesiyas.

Ang pag-uusisang ito ng mangangamkam sa luklukanghari, sa kahilingan ng mga tagaibang-lupa, ay sumakit sa damdamin ng mga gurong Hudyo. Ang matamlay na pagbuklat nila sa mga aklat ng hula ay nagpagalit sa mapag hinalang maniniil. Inisip niyang inililihim nila ang kanilang nalalaman tungkol sa kaniyang itinatanong. Taglay ang kapangyarihang hindi nila masusuway, inutusan niya sila na maingat na magsaliksik, at tuloy sabihin nila sa kaniya kung saang dako nila inaasahang ipanganganak ang kanilang Hari. "At sinabi nila sa kaniya, Sa Bethlehem ng Judea: sapagka't ganito ang pagkasulat ng propeta,

"At ikaw Bethlehem, na lupa ng Juda,
Sa anumang paraan ay hindi ikaw ang pinakamaliit
Sa mga pangulong-bayan ng Juda:
Sapagka't mula sa iyo ay lalabas ang isang gobernador,
Na siyang magiging pastor ng Aking bayang Israel."

R.V.

Inanyayahan ngayon ni Herodes ang mga Mago sa isang sarilinang pag-uusap. Naglalatang ang galit at takot sa loob niya, gayunma'y banayad din ang kaniyang kilos, at magalang ang kaniyang pagtanggap sa kanila. Inusisa niya kung kailan nila nakitang lumitaw ang bituin, at nagkunwaring siya'y natutuwang mapagbalitaan ng pagsilang ng Kristo. Pinagbilinan niya ang kaniyang mga panauhin, "Ipagtanong ninyo nang buong ingat ang tungkol sa Sanggol; at pagkasumpong ninyo sa Kaniya, ay ipagbigay-alam ninyo sa akin, upang ako nama'y makaparoon at siya'y aking sambahin." Pagkasabi nito'y pinaalis niya sila upang magpatuloy sa kanilang lakad sa Bethlehem. [65]

Ang mga saserdote at ang mga matatanda sa Jerusalem ay hindi mga tangang gaya ng kanilang inasal tungkol sa pagkapanganak kay Kristo. Umabot na sa Jerusalem ang balitang dinalaw ng mga anghel ang mga pastor ng kawan, nguni't itinuring iyon ng mga rabi na isang bagay na hindi nila dapat pansinin. Sila sana ang dapat makakita kay Jesus, at sila sana ang dapat maging handa na ihatid ang mga Mago sa dakong sinilangan Niya; nguni't hindi gayon ang nangyari, ang mga pantas na lalaki pa nga ang nagpagunita sa kanila na inianak na ang Mesiyas. "Saan naroon Yaong ipinanganak na Hari ng mga Hudyo?" wika nila; "sapagka't aming nakita ang Kaniyang bituin sa Silanganan, at naparito kami upang Siya'y sambahin."

Kapalaluan at pananaghili ang siya ngayong nagpinid sa kanilang kalooban upang huwag makapasok ang liwanag ng katotohanan. Kung paniniwalaan ang mga balita ng mga pastor at ng mga lalaking pantas, ay malalagay sa pangit na katayuan ang mga saserdote at mga rabi, at mapabubulaanan ang kanilang mga ipinamamaraling sila ang mga tagapaghayag ng katotohanan ng Diyos. Hindi maatim ng marurunong na gurong ito na sila'y maturuan ng itinuturing nila na mga pagano o taga-ibang bansa. Hindi mangyayari, anila, na sila'y nilampasan ng Diyos, upang sa mga mangmang na pastor o sa mga dituling Hentil makipag-usap. Ipinasiya nilang kanilang ipakikita ang kanilang paghamak sa mga balitang gumugulo kay Herodes at sa buong Jerusalem. Ni hindi pa nila ibig magtungo sa Jerusalem upang tingnan kung may katotohanan nga ang mga balitang ito. At sila ang nanguna sa bayan sa pagtuturing na ang mga bali-balita tungkol kay Jesus ay isang kahalingan. Dito nagsimula ang dipagkilala kay Kristo ng mga saserdote at ng mga rabi. Buhat sa pangyayaring ito ang kanilang kapalaluan at katigasan ay sumidhi at naging tiyak nang pagkapoot sa Tagapagligtas. Sa gayon samantalang ibinubukas
[66] ng Diyos ang pintuan para sa mga Hentil, ay isinasara naman ito ng mga pangulong Hudyo sa kanila na ring mga sarili.

Nagsialis sa Jerusalem ang mga pantas na lalaki nang walang kasama. Lumalaganap na ang dilim nang sila'y lumabas sa mga pintuang-bayan, nguni't nag-umapaw sa kanilang puso ang malaking katuwaan nang muli nilang matanaw ang bituin, at sinundan nila ito hanggang sa Bethlehem. Wala silang natatanggap na balita na napakaaba ang kalagayan ni Jesus gaya ng sinabi sa mga pastor. Pagkaraan ng mahaba nilang paglalakbay ay binigo sila ng

pagwawalang-bahala ng mga pinunong Hudyo, at nilisan nila ang Jerusalem na higit silang lupaypay kaysa nang sila'y pumasok dito. Sa Bethlehem ay wala silang nakitang isa mang kawal ng hari na nagtatanod upang pangalagaan ang kasisilang na Hari. Wala roong mga taong dinadakila ng sanlibuan. Si Jesus ay nakahiga sa isang pasabsaban. Ang tanging mga nakatanod sa Kaniya ay ang Kaniyang mga magulang at ang mga di-nagsipagaral na mga taong-bukid. Ito ba kaya Siya na tungkol sa Kaniya ay nasusulat, na Kaniyang "ititindig ang mga lahi ng Jacob," at "isasauli ang iningatan sa Israel;" upang Siya'y maging "isang ilaw sa mga Hentil," at "kaligtasan hanggang sa wakas ng lupa?" Isaias 49:6.

"Nang sila'y mangakapasok na sa bahay, ay nangakita nila ang Sanggol na kasama ang Kaniyang inang si Maria, at sila'y nangagpatirapa, at nangagsisamba sa Kaniya." Sa likod ng abang anyo ni Jesus ay nakilala nila roon ang Diyos. Inialay nila ang kanilang mga puso sa Kaniya bilang pagkilala na Siya ang kanilang Tagapagligtas, at saka nila ibinuhos ang kanilang mga handog—"ginto, at kamanyang, at mira." Kaylaking pananampalataya nila! Masasabi nga tungkol sa mga lalaking pantas na buhat sa Silanganan, ang gaya ng nasabi tungkol sa senturyong Romano, "Hindi Ako nakasumpong ng ganito kalaking pananampalataya, kahit sa Israel man." Mateo 8:10.

Hindi nataho ng mga lalaking pantas ang lihim na binabalak ni [67]
Herodes kay Jesus. Nang maganap na nila ang kanilang sadya sa pagdalaw, ay gumayak na silang bumalik sa Jerusalem, sa hangad na ipagbigay-alam kay Herodes na natagpuan nila ang kanilang sadya. Datapwa't sa isang panaginip ay tumanggap sila ng isang pasabi buhat sa Diyos na huwag na silang makipag-usap pa sa kaniya. Kaya umuwi na sila sa kanilang sariling bayan, na hindi na dumaan pa sa Jerusalem, kundi tumahak na sa ibang daan.

Sa ganito ring paraan tumanggap si Jose ng babala na sila'y tumakas patungong Ehipto na kasama si Maria at ang Sanggol. At sinabi ng anghel, "Dumoon ka hanggang sa sabihin ko sa iyo: sapagka't hahanapin ni Herodes ang Sanggol upang patayin Siya." Kagyat na tuma-ima si Jose, na hindi nagpaliban at palihim na umalis nang gabi ring iyon.

Sa pamamagitan ng mga lalaking pantas ay ipinaalaala ng Diyos sa bansang Hudyo ang pagsilang ng Kaniyang Anak. Ang mga pag-

uusisang ginawa nila sa Jerusalem, ang pagkakilos ng damdaming-bayan, at pati ang pananaghili ni Herodes, na siyang naging dahil kaya pilit na natawagan ang pansin ng mga saserdote at ng mga rabi, ay siyang umakay sa mga tao upang isipin ang mga hula tungkol sa Mesiyas, at sa dakilang pangyayaring kagaganap pa lamang.

Mapilit si Satanas na pawiin sa sanlibutan ang liwanag ng Diyos, at iniubos niya ang lahat niyang mga lalang upang maipapatay ang Tagapagligtas. Datapuwa't ang Diyos na hindi umiidlip ni natutulog man ay nagbabantay sa Kaniyang sinisintang Anak. Siya na nagpaulan ng manang buhat sa langit para sa Israel at nagpakain naman kay Elias nang panahon ng kagutom ay naglaan ng isang kublihang-dako sa ibang lupain para kay Maria at sa Sanggol na si Jesus. At sa pamamagitan ng mga alay na handog ng mga Magong
[68] buhat sa ibang lupain, ay tinustusan ng Panginoon ang paglalakbay na patungong Ehipto at ang pagtira sa ibang lupain.

Ang mga Mago ay kabilang sa mga unang tumanggap sa Manunubos. Ang mga alay nila ay siyang mga unang inilagay sa Kaniyang paanan. At sa pamamagitan ng alay na yaon, kay-inam ngang karapatan ng paglilingkod ang napasakanila! Ang paghahandog na buhat sa pusong nagmamahal, ay kinalulugdan ng Diyos na parangalan, at pinapagbubunga ito nang malaki sa paglilingkod sa Kaniya. Kung naipagkaloob na natin ang ating mga puso kay Jesus, ay dadalhin din naman natin sa Kaniya ang ating mga handog. Ang ating ginto at pilak, ang ating pinakamahahalagang ari-arian sa lupa, ang ating pinakamatataas na kakayahang pangkaisipan at pang-espiritu, ay lubos na maitatalaga sa Kaniya na umibig sa atin, at nagbigay ng Kaniyang sarili dahil sa atin.

Buong pagkainip na naghintay si Herodes sa Jerusalem sa pagbabalik ng mga lalaking pantas. Nang makalipas ang mga araw, at hindi pa sila dumarating, ay nagkaroon siya ng hinala. Sinapantaha niya na kaipala'y n pag-alaman ng mga rabi ang kaniyang lihim na balak dahil sa kanilang pagpapaumat-umat na ituro ang dakong sisilangan ng Mesiyas, at sinadya naman ng mga Magong siya'y iwasan. Nag-alab ang kaniyang poot sa isipang iyon. At sapagka't nabigo ang kanilang lalang, ay iisa na lamang ang nalalabing dapat gawin at iyon ay ang paggamit ng lakas o dahas. Ipakikita niya ngayon kung ano ang mangyayari sa haring-sanggol. Makikita rin

ng mga palalong Hudyo kung ano ang maaari nilang asahan sa mga pagtatangka nilang magpaupo ng ibang hari sa luklukan.

Nagpadala siya agad ng mga kawal sa Bethlehem, taglay ang utos na lipulin ang lahat ng batang dadalawahing taong gulang at pababa. Nasaksihan ngayon ng mga tahimik na tahanan ng siyudad ni David ang nakapanghi hilakbot na mga pangyayari na, noong nakaraang anim na raang taon ay inihayag ng Diyos sa propeta. "Isang tinig [69]
ang narinig sa Rama, panaghoy, at pagtangis, at kalagim-lagim na iyak. Tinatangisan ni Rachel ang kaniyang anak, at ayaw siyang maaliw, sapagka't sila'y wala na."

Mga Hudyo na rin ang nagpasapit sa kanila ng malagim na kapahamakang ito. Kung sila lamang ay lumakad na may pagtatapat at may kababaan sa harap ng Diyos, sana'y pinapangyari ng Diyos na sa katangi-tanging paraan ay huwag makapinsala sa kanila ang poot ng hari. Nguni't inihiwalay nila sa Diyos ang kanilang sarili dahil sa kanilang mga kasalanan, at tinanggihan din nila ang Espiritu Santo, na siya nilang tanging pananggalang. Hindi nila pinag-aralan ang mga Kasulatan sa hangad na tumalima sa kalooban ng Diyos. Sinaliksik nila ang mga hula na maipaliliwanag nila sa paraang magtatanghal sa kanilang mga sarili, at magpapakilalang hinahamak ng Diyos ang lahat ng ibang mga bansa. Buong kayabangan nilang ipinagmalaki na ang darating na Mesiyas ay isang hari, na magpapasuko sa lahat Niyang mga kaaway, at dudurog o yuyurak sa mga bansang di-kumikilala sa Diyos na Kaniyang kinapopootan. Ito nga ang ikinagalit ng kanilang mga pinuno. Dahil sa mali nilang pagpapakilala sa layunin ni Kristo, binalak ni Satanas na maipahamak ang Tagapagligtas; nguni't hindi ito ang nangyari, kundi ang sarili rin nila ang kanilang ipinahamak.

Ang katampalasang ito ni Herodes ay isa sa mga huling gawa niya na nagpasama sa kaniyang paghahari. Hindi nagluwat pagkaraan ng paglipol na ito sa mga walangmalay na sanggol, ay napilitan siyang sumuko sa kapalarang hindi maiiwasan. Namatay siya ng isang nakasisindak na kamatayan.

Si Jose, na nang panahong ito ay nasa Ehipto pa, ay pinagsabihan ng anghel ng Diyos na bumalik na sa lupain ng Israel. Dahil sa pagkakilala ni Jose na si Jesus ay siyang tagapagmana ng luklukan ni David, hinangad niyang manahan sa Bethlehem; nguni't nang mabalitaan niyang si Archelaus ang naghahari sa Judea na kahalili [70]

ng ama niyang si Herodes, ay nangamba siyang baka ipagpatuloy ng anak ang buktot na balak ng ama laban kay Kristo. Sa lahat ng mga anak ni Herodes, ay si Archelaus ang kahawig na kahawig ng ama sa likas. Pag-upung-pag-upo niya sa trono ng pamamahala ay nagkaroon agad ng gulo sa Jerusalem, at libu-libong mga Hudyo ang pinuksa ng mga kawal Romano.

Muli na namang pinagsabihan si Jose na tumungo sa isang pook na tiwasay. Nagoalik siya sa Nazareth,na dati niyang bayan, at dito nanirahan si Jesus sa loob ng tatlumpung taon, "upang matupad ang sinalita ng mga propeta, Siya'y tatawaging Nasareno." Ang Galilea noon ay pinamumunuan din ng isang anak ni Herodes, nguni't doo'y tumitira ang lalong maraming halu-halong lahi kaysa sa Judea. Kaya doon ay hindi gasinong inaasikaso ang mga suliraning may kaugnayan sa mga Hudyo, at ang mga sasabihin ni Jesus ay hindi gaanong kaiinggitan o paghihinalaan ng mga nasa kapangyarihan.

Gayon ang pagtanggap na ginawa sa Tagapagligtas nang Siya'y manaog dito sa lupa. Wari'y walang dakong tahimik o tiwasay para sa Sanggol na Manunubos. Hindi maipagkatiwala ng Diyos sa mga tao ang Kaniyang sinisintang Anak, bagama't ang itinataguyod Niya ay ang kanilang ikaliligtas. Nagbilin Siya sa mga anghel na bantayan si Jesus at ipagsanggalang Siya hanggang sa maganap Niya ang Kaniyang layunin sa lupa, at mamatay sa mga kamay niyaong
[71] pinarituhan Niya upang iligtas.

# Kabanata 7—Sa Pagiging Isang Bata

Ang kabanatang ito ay batay sa Lukas 2:39, 40.

Ang panahon ng pagkabata at pagiging-kabataan ni Jesus ay ginugol Niya sa isang maliit na nayong nasa paanan ng bundok. Walang pook sa lupa na hindi nabigyang-karangalan ng Kaniyang pagkakaparoon. Naging karapatan sana ng mga palasyo ng mga hari na tanggapin Siya bilang isang panauhin. Subali't nilampasan Niya ang mga tahanan ng mayayaman, ang mga bulwagan ng mga hari, at ang mga tanyag na pook ng karunungan, at nanirahan Siya sa isang kubli at hamak na Nazareth.

Nakapagtataka ang kahulugan ng maigsing tala ng Kaniyang pagkabata: "Lumaki ang bata, at lumakas sa espiritu, na puspos ng karunungan: at ang biyaya ng Diyos ay sumasa Kaniya." Sa kapuspusan ng liwanag na nagbubuhat sa mukha ng Ama, si Jesus ay "lumago sa karunungan at sa pangangatawan, at sa pagbibigay-lugod sa Diyos at sa mga tao." Lukas 2:52. Ang Kaniyang pagiisip ay malusog at mapanuri, at ang Kaniyang katalinuhan at pagkukuro ay higit sa Kaniyang gulang. Maganda pa ang pagkakaanyo ng Kaniyang likas. Banay-banay ang paglusog ng Kaniyang isip at katawan, alinsunod sa mga batas ng pagkabata.

Sa pagiging isang bata, ay kinakitaan si Jesus ng natatanging kaibig-ibig na pag-ugali. Ang masisipag Niyang mga kamay ay [72] laging laang maglingkod sa mga iba. Nagpakita Siya ng pagtitiyaga na hindi marunong mayamot, at ng pagtatapat na hindi nadadala ng pagsisinungaling. Sa simulain ay sintibay Siya ng batong-buhay; ang Kaniyang buhay ay kinahayagan ng biyaya ng di-sakim na paggalang.

Maalab na minatyagan ng ina ni Jesus ang paglago ng Kaniyang mga kakayahan, at namasdan ang pagkakaanyo sa Kaniya ng sakdal na likas. Malugod niyang sinikap na mapaunlad ang matalinong isip Nito. Sa pamamagitan ng Banal na Espiritu ay tumanggap siya ng karunungan upang makipagtulungan sa mga banal na anghel

sa pagtuturo sa bata, na siyang makaaangking Diyos lamang ang Kaniyang Ama.

Buhat pa nang mga unang panahon ay nag-ukol na ng malaking pag-aasikaso ang mga tapat sa Israel sa pagtuturo sa mga bata. Ipinagbilin ng Panginoon na sa pagkasanggol pa lamang ay ituturo na sa mga ito ang Kaniyang kabutihan at ang Kaniyang kadakilaan, gaya ng inihahayag tanging-tangi na sa Kaniyang kautusan, at ipinakikilala sa kasaysayan ng Israel. Ang awit at panalangin at mga araling hango sa mga Banal na Kasulatan ay kailangang ibagay sa murang isip. Ituturo ng mga ama at mga ina sa kanilang mga anak na ang kautusan ng Diyos ay isang anyo ng Kaniyang likas, at pagka tinanggap nila sa kanilang puso ang mga simulain ng kautusang ito, ay nababakas ang likas ng Diyos sa kanilang isip at kaluluwa. Ang karamihan sa pagtuturo ay sa bibig; nguni't natuto rin ang mga kabataan sa pagbasa ng mga sulat Hebreo; at ang mga balumbong pergamino ng Matandang Tipan ay binuksan upang pag-aralan nila.

Noong panahon ni Kristo ay itinuturing na nasa ilalim ng sumpa ng Diyos ang alinmang bayan o lunsod na hindi gumagawa ng paraan upang maturuan ng relihiyon ang mga kabataan. Nguni't nauuwi sa pakitang-tao lamang ang pagtuturo. Mga sali't saling sabi
[73] ang inihalili sa Mga Kasulatan. Ang tunay na pagtuturo ay aakay sa mga kabataan na "kanilang hanapin ang Diyos, baka sakaling maapuhap nila Siya, at Siya'y masumpungan." Mga Gawa 17:27. Nguni't ang inasikaso ng mga gurong Hudyo ay ang mga bagay-bagay ng seremonya. Ang isip ng nag-aaral ay pinuno nila ng mga bagay na hindi kailangan o walang halaga, at hindi naman kinikilala sa lalong mataas na paaralan sa langit. Ang karanasang natatamo sa pansariling pagtanggap ng salita ng Diyos ay hindi kasama sa kanilang paraan ng pagtuturo. Palibhasa'y abalang-abala ang mga nag-aaral sa mga bagay na panlabas, kaya wala silang kapana-panahon sa tahimik na pakikipag-usap sa Diyos. Hindi nila narinig ang tinig Niyang nagsasalita sa kanilang puso. Sa paghanap nila ng karunungan, ay iniwan nila ang Bukal ng karunungan. Ang malaking kailangan ng paglilingkod sa Diyos ay pinabayaan. Ang mga simulain ng kautusan ay pinalabo. Yaong ipinalalagay nilang mataas na karunungan ay naging pinakamalaking hadlang sa tunay na kaunlaran. Ang mga kakayahan ng mga kabataan ay napigil sa

ilalim ng pagtuturong ginawa ng mga rabi. Ang kanilang mga isip ay naging kuyom at sikil.

Ang batang si Jesus ay hindi nag-aral sa paaralan ng mga sinagoga. Ang Kaniyang ina ang una Niyang tagapagturo. Sa mga labi nito at sa mga balumbong-sulat ng mga propeta nagbuhat ang lahat ng mga natutuhan Niya tungkol sa mga bagay na ukol sa langit. Ang mga pangungusap na Siya na rin ang nagsalita kay Moises upang sabihin sa Israel ay siya ngayong itinuro sa Kaniya ng Kaniyang ina. At nang Siya'y lumaki at magbinata, ay hindi Niya hinanap ang paaralan ng mga rabi. Hindi Niya kailangan ang karunungang natututuhan sa mga paaralang iyon, sapagka't ang Diyos ay siya Niyang tagapagturo.

Ang itinanong noong panahong nangangaral ang Tagapagligtas na, "Paanong nakaalam ang taong ito ng mga karunungan, gayong hindi naman nag-aral kailanman?" ay hindi nagpapakilalang si Jesus [74]
ay hindi maalam na bumasa, kundi hindi lamang Siya tumanggap ng turo ng mga rabi. Juan 7:15. Palibhasa Siya'y natuto na gaya rin nating maaaring matuto, atin ngang mapagkikilala na ang mabuti Niyang pagkaalam sa mga Kasulatan ay bunga ng Kaniyang maagang pagsisikap sa pag-aaral ng Salita ng Diyos noong panahon ng Kaniyang pagkabata. At nakabukas din naman sa harap Niya ang malaking aklatan ng mga nilalang ng Diyos. Siya na Maylikha ng lahat ng bagay ay nag-aral ng mga araling isinulat ng sarili Niyang kamay sa lupa at dagat at langit. Tinipon Niyang buhat sa katalagahan ang malaking kalipunan ng karunungang siyentipiko, na hiwalay sa mga lisyang paraan ng sanlibutan. Pinag-aralan Niya ang buhay ng mga halaman at mga hayop, at pati ng buhay ng tao. Sapul sa Kaniyang pagkabata ay iisa ang layunin Niya: ang mabuhay Siya upang pagpalain ang iba. Sa bagay na ito ay humango Siya sa katalagahan ng mga bagay na magagamit Niya; mga bagong isipan at pamamaraan ang pumasok sa isip Niya samantalang pinag-aaralan Niya ang buhay ng mga halaman at mga hayop. Buhat sa mga bagay na nakikita ay walang-tigil na kumukuha Siya ng mga halimbawang magagamit Niya upang maiharap ang mga buhay na salita ng Diyos. Ang mga talinhagang magiliw Niyang itinuro, noong kasalukuyan ng Kaniyang paglilingkod, upang mailahad ang mga aralin ng katotohapan ay nagpapakilala na kung paanong bukas ang Kaniyang diwa sa mga itinuturo ng katalagahan, at kung paanong tinipon Niya

ang mga araling espirituwal buhat sa mga pangyayari at kalagayan ng Kaniyang kabuhayan araw-araw.

Sa ganitong paraan napagkilala ni Jesus ang kahulugan ng salita at mga gawa ng Diyos, nang Kaniyang pagsikapang maunawaan ang mga dahilan kung bakit nangyari at lumitaw ang mga bagay-bagay. Mga banal na anghel ang naglingkod sa Kaniya, at ang Kaniyang
[75] mga isipan at pagmumuni ay malinis at banal. Buhat sa unang pagkakaroon Niya ng isip ay patuloy na Siyang lumaki sa biyayang espirituwal at sa pagkakilala sa katotohanan.

Ang alinmang bata ay maaaring matutong gaya ni Jesus. Habang sinisikap nating makilala ang ating Amang nasa langit sa pamamagitan ng Kaniyang salita, ay lalapit naman ang mga anghel, lalakas at tatatag ang ating mga isip, at magiging marangal at mahinhin ang ating likas. Lalo tayong magiging katulad ng ating Tagapagligtas. At habang minamasdan natin ang maganda at dakila sa katalagahan ay mananabik sa Diyos ang ating kalooban. Samantalang ang ating diwa ay humahanga, ang atin namang kaluluwa ay lumalakas dahil sa napapaugnay ito sa Walang-hanggang Diyos sa pamamagitan ng Kaniyang mga gawa. Ang pakikipag-usap sa Diyos sa pamamagitan ng panalangin ay nagpapalakas sa isip at sa kalooban, at ang kapangyarihang espirituwal ay lalong lumalakas pagka pinag-iisip ang mga bagay na ukol sa espiritu.

Ang pamumuhay ni Jesus ay isang pamumuhay na kasang-ayon ng Diyos. Noong Siya ay bata, Siya'y nag-isip at nagsalitang gaya ng bata; datapuwa't ang larawan ng Diyos ay hindi nadungisan ng kasalanan. Gayon pa man ay hindi Siya nalayo sa tukso. Naging kasabihan na ang mga katampalasanan ng mga taga-Nazareth. Ang karaniwang hamak na pagtingin sa kanila ay ipinakikilala ni Nathanael nang itanong niya, "Mangyayari bagang lumitaw ang anumang magaling na bagay sa, Nazareth?" Juan 1:46. Si Jesus ay inilagay sa isang pook na masusubok ang likas Niya. Kinailangan Niyang maging laging maingat upang mapamalagi ang Kaniyang kalinisan. Walang humpay ang naging pakikilaban Niya sa mga tuksong sinasagupa natin, upang Siya naman ay maging uliran natin sa pagkabata, sa kabinataan, at sa katandaan.

Walang-tigil at walang kapagud-pagod si Satanas sa mga pagsisikap Niyang madaig ang Batang si Jesus ng Nasaret. Buhat sa
[76] pagkasanggol ay binantayan si Jesus ng mga anghel ng langit, gayon

pa man, ang buhay Niya ay naging isang mahabang pakikilaban sa mga kapangyarihan ng kadiliman. Kung magkakaroon sa ibabaw ng lupa ng isang kabuhayang hindi narurungisan ng masama ay ito'y isang sumbat at kagulumihanan sa pangulo ng kadiliman. Wala siyang di-sinubok na paraan upang masilo si Jesus. Walang anak ng taong mabubuhay kailan man ng isang banal na kabuhayan sa gitna ng mabangis na pakikilaban sa tukso na gaya ng ating Tagapagligtas.

Ang mga magulang ni Jesus ay mga maralita at nagsisiasa sa kanilang hanapbuhay. Bihasa Siya sa karalitaan, pagtitipid, at kagipitan. Ang ganitong karanasan o pamumuhay ay naging sanggalang sa Kaniya. Sa Kaniyang masipag na pamumuhay ay walang panahong naaksaya na makapag-aanyaya sa tukso. Wala Siyang nasayang na oras para sumama sa masasamang barkada. Sa lahat ng pangyayari ay sinasarhan Niya ang pintuang daraanan ng manunukso. Ni salapi o kalayawan, ni paunlak o banta man, ay hindi nakahimok sa Kaniya na Siya'y gumawa ng kamalian. Matalas ang Kaniyang isip na kumilala ng masama, at malakas ang Kaniyang loob na lumaban.

Si Kristo lamang ang tanging hindi kailanman nagkasala sa lahat ng mga taong nabuhay sa lupa; gayon pa ma'y halos tatlumpung taong Siya ay nakipamayan sa masasamang mamamayan ng Nazareth. Ang pangyayaring ito ay isang sumbat sa mga taong nag-aakala na ang kabuhayang walang-kapintasan ay nasasalig sa lugar, kapalaran, o kasaganaan. Ang tukso, karalitaan, at kagipitan ay disiplina o pansupil na kailangan upang mahubog ang dalisay at matatag na likas.

Si Jesus ay nanirahan sa isang tahanan sa bukid, at matapat at masaya niyang ginaganap ang Kaniyang bahagi sa mga gawain sa bahay. Siya ay dating Pinuno ng kalangitan, at ikinalugod ng mga anghel na talimahin ang Kaniyang salita; ngayon naman ay isa Siyang handang pag-utusan, isang anak na magiliwin at masunurin.
Natu- to Siya ng isang hanapbuhay, at ginagamit Niya ang Kaniyang [77]
mga kamay sa pag-aanluwage na kasama ni Jose. Nilakad Niya ang mga lansangan ng Kaniyang maliit na bayan na suot ang damit ng karaniwang manggagawa, na paroo't parito sa Kaniyang abang gawain. Hindi Niya ginagamit ang Kaniyang kapangyarihan ng pagka-Diyos upang bawasan ang Kaniyang mga pasanin o pagaanin ang Kaniyang paggawa.

Sa paggawa ni Jesus noong panahong Siya'y maliit pa hanggang sa nagbinata, ay lumusog ang Kaniyang isip at katawan. Hindi Niya ginamit ang lakas ng Kaniyang katawan nang walang-ingat, kundi sa isang paraang ikalulusog, upang magawa Niya ang pinakamabuti sa lahat ng anumang Kaniyang gawin. Hindi Niya ibig mapintasan, maging sa paghawak ng mga kasangkapan. Siya ay sakdal sa pagiging isang manggagawa, kung paano rin namang Siya'y sakdal sa likas. Sa pamamagitan ng sarili Niyang halimbawa ay tinuruan Niya tayo na magpakasipag, na gawin nating may kahustuhan at kaganapan ang ating gawain, at ang ganyang paraan ng paggawa ay marangal. Ang anumang gawain na ginagamit ang mga kamay at sumasanay rin naman sa mga kabataan na magpasan ng mga kapanagutan sa buhay, ay nagpapalakas sa katawan at nagpapalusog sa isip. Lahat ay dapat humanap ng magagawang pakikinabangan ng kanilang sarili at makatutulong din naman sa iba. Itinalaga ng Diyos na ang paggawa ay maging isang pagpapala, at ang masipag lamang na manggagawa ang nakakakasumpong ng tunay na kaluwalhatian at galak sa buhay. Nakangiting sumasang-ayon ang Diyos sa mga bata at mga kabataang masayang gumaganap ng kanilang bahagi sa mga gawain sa loob ng bahay, na tumutulong sa kanilang mga ama at mga ina. Ang ganyang mga bata ay magiging mbubuting bunga ng tahanan na pakikinabangan ng lipunan.

[78] Sa buong buhay ni Jesus sa ibabaw ng lupa, Siya ay naging isang masipag na manggagawa. Malaki ang inasahan Niya; kaya malaki naman ang sinikap Niyang gawin. Nang pumasok na Siya sa Kaniyang ministeryo, ay sinabi Niya, "Kinakailangan nating gawin ang mga gawa niyaong Nagsugo sa Akin, samantalang araw; dumarating ang gabi, na walang taong makagagawa." Juan 9:4. Hindi iniwasan ni Jesus ang pagtulong at kapanagutan, gaya ng ginagawa ng maraming nagbabansag na sumusunod sa Kaniya. Dahil sa marami ang umiiwas sa ganitong disiplina kaya sila ay mahihina at mga walang-kakayahan. Maaaring nag-aangkin sila ng mahuhusay at kaakit-akit na mga likas, nguni't mahihina ang kanilang loob at halos walang malamang gawin kapag napaharap na sa mahihirap na gawain. Ang katapangan at sigla, ang tibay at lakas ng loob na nakita sa buhay ni Kristo ay dapat makita sa atin, sa pamamagitan ng disiplina ring iyon na Kaniyang tiniis. At ang biyayang tinanggap Niya ay ibibigay rin naman sa atin.

Sa panahong ikinabuhay ng ating Tagapagligtas sa gitna ng mga tao, ay naging kasama-sama Siya ng mga maralita. Alam Niya ang kanilang mga alalahanin at mga kahirapan dahil sa Kaniyang naranasan, at kaya naman Kaniyang naaliw at napalakas ang loob ng lahat ng mga abang manggagawa. Yaong mga may tumpak na pagkakilala sa mga iniaral Niya ay hindi kailanman mag-aakalang dapat lagyan ng pagkakaiba ang uri ng mga tao, na ang mayayaman baga ay pararangalan nang higit kaysa karapat-dapat na mahihirap.

Tinaglay-taglay ni Jesus ang kasayahan at katalinuhan hanggang sa Kaniyang paggawa. Malaking pagtitiis at espirituwal na kabuhayan ang kinakailangan upang ang relihiyon ng Bibliya ay maipasok sa tahanan at sa hanapbuhay, upang mabata ang hirap ng pakikipagkalakalan sa sanlibutan, at gayon pa ma'y mapanatili pa ring tapat ang mata sa ikaluluwalhati ng Diyos. Sa bagay na ito naging isang katulong si Jesus. Kahit na Siya'y abalangabala sa [79]
pag-aasikaso sa mga bagay ng lupang ito ay lagi pa rin Siyang may panahon para sa mga bagay ng langit. Ang katuwaan ng Kaniyang puso ay malimit Niyang ipahayag sa pag-awit ng mga imno at iba pang awit na ukol sa Diyos. Malimit marinig ng mga taga-Nasaret ang Kaniyang tinig na pumupuri at nagpapasalamat sa Diyos. Nakipag-usap Siya sa Diyos sa pamamagitan ng awit; at nang ang mga kasamahan Niya ay magsidaing sa pagod sa paggawa, ay inaliw Niya sila ng Kaniyang matamis na pag-awit. Ang Kaniyang pumupuring tinig ay waring nagpapalayas sa masasamang anghel, at tulad ng kamangyan, na pinupuno ang pook ng kabanguhan. Ang mga nakarinig sa Kaniya ay parang naalis sa kanilang pagkakasadlak sa lupa, at napalipat sa tahanang langit.

Si Jesus ang bukal ng kaawaang nagpapagaling sa sanlibutan; at sa buong mga taon ng Kaniyang pagtahan sa Nazareth, ang Kaniyang buhay ay naging parang agos ng pakikiramay at pagkakawanggawa. Ang matatanda, ang mga nagdadalamhati, ang mga nabibigatan sa kasaIanan, ang mga batang masasayang naglalaro, ang maliliit na kinapal na nagliliparan, ang matitiyagang hayop na pantrabaho—lahat ay masayang-masaya kung nasa harap Niya. Siya na ang salita ng kapangyarihan ay umaalalay sa mga sanlibutan ay yuyuko upang lunasan ang isang ibong nasugatan. Walang nalilingid sa Kaniyang pansin, wala Siyang tinatanggihang paglingkuran kahit anong bagay.

Kaya habang si Jesus ay lumalaki sa karunungan at sa pangangatawan, lumalago rin naman Siya sa pagbibigay-lugod sa Diyos at sa mga tao. Nakuha Niya ang pagmamahal ng lahat ng puso dahil sa ipinakilala Niyang Kaniyang minamahal ang lahat. Ang diwa ng pag-asa at lakas ng loob na lumiligid sa Kaniya ay siyang gumawa upang Siya ay maging isang pagpapala sa bawa't tahanan. At malimit na sa loob ng sinagoga kung araw ng Sabado ay tinatawag
[80] Siya upang bumasa ng aral na hango sa mga propeta, at ang mga puso ng nagsisipakinig ay halos lumukso sa tuwa dahil sa may natanaw silang bagong liwanag buhat sa banal na salitang karaniwan nilang binabasa.

Gayon ma'y iniwasan ni Jesus ang matanghal. Sa buong panahong itinira Niya sa Nazareth , ay hindi Niya ipinakita o itinanghal ang Kaniyang kapangyarihang gumawa ng kababalaghan. Hindi Siya naghangad ng mataas na katungkulan at ni hindi Siya gumamit ng mga titulo. Ang Kaniyang tahimik at simpleng pamumuhay, at maging ang pananahimik ng Mga Kasulatan sa mga taon ng Kaniyang pagkabata, ay nagtuturo ng isang mahalagang aral. Kung kailan lalong tahimik at simple ang pamumuhay ng bata—samakatwid ay hindi ginagamitan ng anumang karangyaan, kundi yaon lamang naaayon sa kalikasan—lalo naman itong naaayon sa ikalulusog ng katawan at ng pag-iisip at ng kaluluwa.

Si Jesus ang ating huwaran. Marami ang may kasabikang nagtutuon ng pansin sa panahon ng Kaniyang hayagang paglilingkod o ministeryo, samantala'y hindi nila pinapansin ang itinuturo ng Kaniyang murang kabataan. Nguni't sa Kaniyang buhay nga sa loob ng tahanan nagiging huwaran Siya ng lahat ng mga bata at mga kabataan. Ang Tagapagligtas ay nagpakadukha, upang maituro Niya kung paano tayo makalalakad na kasama ng Diyos kahit na tayo ay mga maralita. Siya ay nabuhay upang ang Kaniyang Ama ay bigyang-kaluguran, parangalan, at luwalhatiin sa mga bagay na karaniwan sa buhay. Ang una Niyang ginawa ay itinalaga muna Niya sa Diyos ang mahabang hanap-buhay ng karaniwang manggagawa na nagpapatulo ng pawis upang may maipagtawid-buhay. Itinuring Niyang Siya'y naglilingkod sa Diyos kahit sa Siya'y nag-aanluwage na kagaya rin kung Siya'y gumagawa ng mga kababalaghan para sa maraming tao. At ang bawa't kabataang sumusunod sa halimbawa ng pagtatapat at pagtalima na ipinakita ni Kristo sa Kaniyang

maralitang tahanan ay makaaangkin sa mga pangungusap na sa pa- [81]
mamagitan ng Espiritu Santo ay sinabi ng Ama tungkol sa Kaniya,
"Narito ang Aking Lingkod, na Aking inaalalayan; ang Aking hini-
rang na kinalulugdan ng Aking kaluluwa." Isaias 42:1. [82]

## Kabanata 8—Ang Pagdalaw sa Kaarawan ng Paskuwa

Ang kabanatang ito ay batay sa Lukas 2:41-51.

Sa mga Hudyo ang ikalabindalawang taong gulang ay siyang naghihiwalay sa pagkabata at pagkabinata. Pagkatapos ng taong iyan, ang isang batang Hebreo ay tinatawag na anak ng kautusan, at anak din naman ng Diyos. Siya ay binibigyan ng mga tanging pagkakataon upang mag-aral ng relihiyon, at siya'y inaasahang makikisama sa mga kapistahan at mga kapangilinan. Sa pag-alinsunod sa ganitong kaugalian kung kaya ang batang si Jesus ay nakipamista ng Paskuwa sa Jerusalem. Tulad ng lahat ng mga tapat na Israelita, si Jose at si Maria ay umahon sa kaarawan ng Paskuwa taun-taon; at nang si Jesus ay sumapit na sa takdang gulang, ay isinama nga nila Siya.

Noon ay may tatlong taunang mga kapistahan: ang Paskuwa, ang Pentekostes, at ang Pista ng mga Balag. Sa mga pistang ito ay pinag-uutusan ang lahat ng mga lalaki na magsiharap sa Panginoon sa Jerusalem. Sa mga pistang ito ay ang Paskuwa ang dinadagsaan ng pinakamaraming tao. Marami ang nagsisidalong buhat sa lahat ng bansang pinangalatan ng mga Hudyo. Maraming mananamba ang nagbubuhat sa lahat ng dako ng Palestina. Ang paglalakbay noon buhat sa Galilea ay nangangailangan ng mga ilang araw, at
[83] ang mga naglalakad ay nagsasama-sama nang pulu-pulutong upang makaiwas sa mga masasamang-loob. Ang mga babae at matatandang lalaki ay sumasakay sa mga baka o sa mga asno sa mga daang matarik at mabato. Ang malalakas na lalaki at mga kabataan ay nagsisipaglakad naman. Ang panahon ng Paskuwa ay tumatama sa magtatapos ang Marso o sa pagsisimula ng Abril, at ang buong kalupaan ay kaakit-akit sa pamumutiktik ng mga bulaklak, at masaya dahil sa awitan ng mga ibon. Sa buong kahabaan ng lakbayin ay may mga pook na tanging namumukod sa kasaysayan ng Israel, at dito'y iniisa-isang ilahad ng mga ama't mga ina sa kanilang mga

anak ang mga kababalaghang ginawa ng Diyos sa Kaniyang bayan noong nakalipas na mga panahon. Sila'y umaawit upang malibang sa mahabang paglalakbay, at pagka nakita na nila ang mga tore ng Jerusalem, ang lahat ng tinig ay nagsisisaliw sa maligayang awit—

> "Ang mga paa natin ay magsisitayo Sa loob ng iyong mga pintuang-bayan,
> Oh, Jerusalem. ...
> Kapayapaan nawa ang suma loob ng iyong mga kuta,
> At kaginhawahan sa loob ng iyong mga palasyo."
>
> Awit 122:2-7.

Ang pagdiriwang ng Paskuwa ay nagsimula sa pagsilang ng bansang Hebreo. Noong huling gabi ng kanilang pagkaalipin sa Ehipto, na waring walang kapag-apag-asang sila'y mahahango pa, ay inutusan sila ng Diyos na sila'y gumayak sa biglang pag-alis. Pinagsabihan na ng Diyos si Paraon na darating ang kahuli-hulihang parusa sa mga Ehipsiyo, at pinagbilinan Niya ang mga Hebreo na pisanin ang kanilang mga pamilya sa loob ng kani-kanilang mga tahanan. Pagka ang mga haligi ng pintuan ay nawisikan na ng dugo ng pinatay na kordero, ay kakainin naman nila ang inihaw [84] na kordero, at kasama nito ay mga tinapay na walang lebadura at mapapait na gulay. "At ganito ninyo kakainin," anang Panginoon, "may bigkis ang inyong baywang, ang inyong mga panyapak ay nakasuot sa inyong mga paa, at ang inyong tungkod ay tangan ninyo sa inyong kamay; at inyong kakaning dali-dali: siyang paskuwa sa Panginoon." Exodo 12:11. Nang hatinggabi ay pinatay ang lahat ng panganay ng mga Ehipsiyo. Nang magkagayon ang hari ay kagyat na nagpasabi sa Israel, "Kayo'y burnangon umalis kayo sa gitna ng aking bayan; ... at kayo'y yumaong maglingkod sa Panginoon, gaya ng inyong sinabi." Exodo 12:31. Sa gayo'y lumabas sa Ehipto ang mga Hebreo na isang bansang malaya. Iniutos ng Panginoon na ang Paskuwa ay ipagdiriwang taun-taon. "At mangyayari," wika Niya, "pagka itatanong ng inyong mga anak, Ano ba ang ibig sabihin ng ganitong pagdiriwang? ay inyong sasabihin, Ito ang handog na Paskuwa sa Panginoon, nang Siya'y lumampas sa mga bahay ng mga anak ni Israel sa Ehipto, noong puksain Niya ang mga Ehipsiyo." Ito

ang dahilan kaya ipinauulit-ulit sa sali't saling lahi ang kasaysayan ng kahanga-hangang pagliligtas na ito.

Ang Paskuwa ay sinusundan ng pitong araw na pista ng tinapay na walang lebadura. Sa ikalawang araw ng pista, ay inihaharap sa Panginoon ang isang bigkis ng unang bunga ng sibada. Ang lahat ng mga seremonya ng pista ay mga sagisag ng gawain ni Kristo. Ang pagkaligtas ng Israel buhat sa Ehipto ay isang halimbawa ng pagtubos, na siya ngang pinapanukalang alaalahanin ng Paskuwa. Ang korderong pinatay, ang tinapay na walang lebadura, at ang bigkis ng unang bunga, ay mga sagisag na kaumakatawan sa Tagapagligtas.

Sa maraming tao noong panahon ni Kristo, ay naging pakitang-
[85] tao lamang ang pagdiriwang sa pistang ito. Subali't sa Anak ng
Diyos ay kaylaking kahulugan nito!

Ito ang unang-unang pagkakita ng batang si Jesus sa templo. Nakita Niyang ang mga saserdoteng may mapuputing damit na nagsisipaglingkod nang buong kabanalan. Nakita Niya sa ibabaw ng dambana ang hayop na handog na tumutulo pa ang dugo. Kasama ng ibang mga nagsisisambang itinungo Niya ang Kaniyang ulo sa pananalangin, samantalang pumapailanlang sa Diyos ang makapal na usok ng kamangyan. Nasaksihan Niya ang nakapagkikintal na seremonya ng Paskuwa. Araw-araw ay lalong nagliwanag sa isip Niya ang kahulugan nito. Bawa't kilos sa paglilingkod na iyon ay parang karugtong ng Kaniyang buhay. Mga bagong isipan ang gumiyagis sa Kaniya. Tahimik at buhos ang isip, na waring pinag-aaralan Niya ang isang malaking suliranin. Ang mahiwagang layunin ng Kaniyang buhay ay unti-unting nabuksan sa Kaniya.

Palibhasa'y buhos ang Kaniyang isip sa pagbubulay ng mga pangyayaring ito, ay hindi Siya lumagi sa piling ng Kaniyang mga magulang. Sinikap Niyang Siya ay makapag-isa. Nang matapos na ang mga seremonya ng Paskuwa, ay nagpaiwan pa Siya sa mga looban ng templo; at nang ang mga mananamba ay magsialis na sa Jerusalem, Siya ay nagpaiwan.

Sa pagdalaw na ito sa Jerusalem, ay hangad sana ng mga magulang ni Jesus na Siya (si Jesus nga) ay makausap ng mga dakilang guro ng Israel. Sapagka't bagama't sinusunod Niya ang bawa't bilin ng Diyos, ay hindi naman Siya umaayon sa mga rito at mga kaugalian ng mga rabi. Inisip ni Jose at ni Maria na baka sakaling maakay Siyang gumalang sa mga pantas na guro, at sa gayo'y

magsikap Siyang tumalima sa kanilang mga bilin. Datapwa't dito man sa loob ng templo ay tinuruan din ng Diyos si Jesus. At ang tinanggap Niya, ay kaagad Niyang minulang ituro. Nang panahong [86]
yaon ay may isang silid sa templo na sadyang iniukol sa banal na paaralan, na inialinsunod sa mga paraan ng mga paaralan ng mga propeta. Dito nagkatipon ang mga tanyag na rabi pati ng mga tinuturuan nila, at dito pumasok ang batang si Jesus. Nakiumpok Siya sa paanan ng mga pantas at tahimik na mga rabi, at nakinig Siya sa kanilang mga pagtuturo. Gaya ng isang naghahanap ng karunungan, ay tinanong Niya ang mga gurong ito tungkol sa mga hula, at sa mga pangyayaring noo'y kasalukuyang nagaganap na pawang nakaturo sa pagdating ng Mesiyas.

Humarap si Jesus na tulad sa isang nauuhaw sa karunungang ukol sa Diyos. Ang Kaniyang mga tanong ay pawang nagpahiwatig ng malalim na mga katotohanang malaon nang natatago, nguni't mga kailangan sa kaligtasan ng mga kaluluwa. Bawa't tanong Niya ay nagpakilala sa kanila ng isang banal na aral, at nagbihis ng bagong damit sa katotohanan, at sa kabila naman nito ay ipinakilala ng mga pantas na mababaw at makitid ang kanilang nalalaman. Sinabi ng mga rabi na ang pagdating ng Mesiyas ay maghahatid sa bansang Hudyo ng kagila-gilalas na karangalan; datapwa't iniharap ni Jesus ang hula ni Isaias, at saka itinanong sa kanila ang kahulugan ng mga talatang tumuturo sa paghihirap at pagkamatay ng Kordero ng Diyos.

Hinarap Siya ng mga pantas at pinagtatanong, at sila'y nangagtaka sa Kaniyang mga sagot. Taglay ang kabaitan ng isang bata ay inulit Niya ang mga pangungusap ng Kasulatan, na ipinakikilala sa kanila ang lalim ng kahulugan na hindi abot ng mga pantas. Kung sinunod nila ang mga hanay ng katotohanan na Kaniyang inisa-isa, ay nagkaroon sana ng pagbabago sa ayos ng kanilang relihiyon. Nakapukaw sana ng isang malalim na pag-aasikaso sa mga bagay na espirituwal; at nang pasimulan ni Jesus ang Kaniyang ministeryo, ay marami sana ang naging handang tumanggap sa Kaniya. [87]

[88] Talos ng mga rabing si Jesus ay hindi nag-aral sa kanilang paaralan; datapwa't ang Kaniyang nalalaman sa mga hula ay lalong malawak kaysa nalalaman nila. Sa palaisip na batang ito ng Galilea ay nakakatanaw sila ng malaking pag-asa. Hangad nilang Siya'y kanilang makuha bilang mag-aaral, upang Siya'y maging isang guro

sa Israel. Ibig nilang sila ang mamahala sa Kaniyang pagaaral, sa pag-aakala na ang gayong bukal na pag-iisip ay marapat nilang hubugin.

Ang mga salita ni Jesus ay umantig sa kanilang mga puso na di-kailanman nagawa nang una ng mga salita ng tao. Sinisikap noon ng Diyos na tanglawan ang mga pinunong yaon ng Israel, at ginamit nga Niya ang kaisaisang paraan upang sila'y makakilala. Dahil sa sila'y mayayabang ay tahasan nilang isusumpa na hinding-hindi sila kayang turuan ng sinuman. Kung ipinahalata ni Jesus na sila'y para Niyang tinuturuan, ay talagang hindi sila makikinig. Datapwa't ipinagyabang nila na sila nga ang nagtuturo sa Kaniya, o kaya'y sinusubok nila kung gaano ang nalalaman Niya sa mga Kasulatan. Ang kabaitan at kahinhinan ng batang si Jesus ay siyang humawan sa ganitong masasama nilang haka. Hindi nila namalayan na ang mga pag-iisip nila ay napasok na ng salita ng Diyos, at ang Banal na Espiritu ay nakapagsalita sa kanilang mga puso.

Natiyak nila ang paghihintay nila sa Mesiyas ay hindi pala inaayunan ng hula; nguni't ayaw nilang itakwil ang mga paniniwalang labis-labis nilang ipinagyayabang. Ayaw nilang amining mali ang kanilang pagkaunawa sa Mga Kasulatan na sinasabi nilang kanilang itinuturo. Nagpalipat-lipat ang katanungang, Bakit marunong ang binatang ito, ay hindi naman nag-aral? Ang ilaw ay lumiliwanag sa kadiliman; subali't "hindi ito nakilala ng kadiliman." Juan 1:5, R.V.

Samantala, si Jose at si Maria nang sandaling iyon ay ligalig na
[89] ligalig at walang malamang gawin. Nang sila'y umalis sa Jerusalem ay napahiwalay sa kanila si Jesus, at hindi nila alam na Siya ay sadyang nagpaiwan. Noon ay marami na ring mga bahay na nakatirik sa labas ng bayan, at siksikan ang mga hanay ng mga taong nagbubuhat sa Galilea. Totoong magulo at maingay nang lisanin nila ang siyudad. Sa kanilang paglalakad ay lubha silang nawili sa masayang pakikipag-usap sa mga kaibigan at mga kakilala, at hindi nila napansing Siya pala'y hindi na nila kasama kundi nang dumating na ang gabi. Nang sila'y huminto upang mamahinga, ay wala ang matulunging kamay ng kanilang Anak. Sa pag-aakalang Siya'y kasama ng iba nilang kasamahan ay hindi rin sila nabalisa. Bagama't bata pa Siya, ay mayroon na silang lubos na tiwala sa Kaniya, na umaasang pagdating ng oras na kailangan nila Siya, ay darating Siya at tutulungan sila, gaya ng dati Niyang ginagawa.

Datapwa't ngayo'y natakot sila. Hinanap nila Siya sa kanilang mga kasamahan, nguni't wala. Nangatal sila nang maalaala nila kung paanong Siya ay pinagsikapang patayin ni Herodes noong sanggol pa Siya. Masasamang guni-guni ang sumilid sa kanilang mga isip. Sinisi nila nang kapait-paitan ang kanilang mga sarili.

Nangagbalik sila sa Jerusalem, at doo'y ipinagpatuloy nila ang kanilang paghahanap. Kinabukasan, sa kanilang pakikisama sa mga sumasamba sa loob ng templo, ay isang kilalang tinig ang tumawag ng kanilang pansin. Hindi nila iyon maipagkakamali; walang ibang tinig na katulad ng sa Kaniya, na lubhang matapat at masigasig, gayunma'y buo at kaakit-akit.

Natagpuan nila si Jesus sa silid-paaralan ng mga rabi. Tuwang-tuwa sila, nguni't hindi rin nawala sa loob nila ang lungkot at pag-aalaala. Nang kasama na nila Siyang muli, ay nabigkas ng ina ang mga salitang wari ay may lamang sumbat, "Anak, bakit ganito ang ginawa M'o sa amin? Tingnan Mo, ako at ang Iyong ama ay hinahanap Kang may hapis." [90]

"Bakit ninyo Ako hinahanap?" sagot ni Jesus. "Hindi ba ninyo nalalamang dapat Kong gawin ang gawain ng Aking Ama?" At nang waring hindi nila mapag-isip ang Kaniyang mga salita, ay itinuro Niyang paitaas ang Kaniyang hintuturo. Nanggilalas sila sa liwanag na nabadha sa Kaniyang mukha. Kumikislap sa katawang-tao ang liwanag ng pagka-Diyos. Nang masumpungan nila Siya sa templo, ay napakinggan nila ang mga pag-uusap Niya at ng mga rabi, at sila'y nangagtaka sa Kaniyang mga tanong at mga sagot. Ang mga salita Niya ay lumikha ng sunod-sunod na mga isipang di-kailanman makakatkat sa alaala.

At ang Kaniyang tanong sa kanila ay kinapapalooban ng isang aral. "Hindi ba ninyo nalalaman," wika Niya, "na dapat Kong gawin ang gawain ng Aking Ama?" Ginagawa ni Jesus ang gawaing siya Niyang ipinaritong gawin; nguni't nakaligtaan ni Jose at ni Maria ang sa kanila. Binigyan sila ng Diyos ng malaking karangalan sa pagkahabilin sa kanila ng Kaniyang Anak. Mga banal na anghel ang umakay kay Jose sa lahat ng mga gawa niya upang maipagsang-galang ang buhay ni Jesus. Datapwa't buong isang araw na hindi nila Siya nakita na dapat sanang hindi nila malimutan kahit isang sandali. At nang maibsan na sila ng lungkot at pag-aalaala, ay Siya pa ang sinisi nila, at hindi ang sariling nila.

Katutubo sa mga magulang ni Jesus na ituring nilang Siya ay sarili nilang Anak. Araw-araw ay kasama-sama nila Siya, sa maraming kaparaanan ay natutulad ang kabuhayan Niya sa kabuhayan ng ibang mga bata, at dahil nga rito'y parang hindi pumasok sa isip nila na Siya ay Anak ng Diyos. Nanganib na hindi nila mapagkilala ang pagpapala at karapatang ibinigay sa kanila sa pakikiharap sa Manunubos ng sanlibutan. Ang kalungkutang likha ng pagkahiwalay nila sa Kaniya, at ang banayad na sumbat ng Kaniyang pangungusap,
[91] ay mga iniukol Niya sa kanila upang maitanim sa kanilang loob ang kabanalan ng tungkuling sa kanila'y ipinagkatiwala.

Sa sagot ni Jesus sa Kaniyang ina, ay ipinakilala Niya sa unang pagkakataon na napag-uunawa Niya ang Kaniyang pagkakaugnay sa Diyos. Noong bago Siya ipanganak ay sinabi ng anghel kay Maria, "Siya ay magiging dakila, at Siya ay tatawaging Anak ng Kataas-taasan: at sa Kaniya'y ibibigay ng Panginoong Diyos ang luklukan ng Kaniyang amang si David: at Siya ay maghahari sa sambahayan ni Jacob magpakailanman." Lukas 1:32, 33. Ang mga salitang ito ay binulay-bulay ni Maria sa kaniyang puso; sapagka't bagaman siya'y naniniwalang ang Anak niya ay siyang magiging Mesiyas ng Israel, ay hindi rin naabot ng kaniyang isip ang layon Nito. Ngayon ay hindi niya nahulo ang Kaniyang mga salita; nguni't talos niyang hindi kinikilala ni Jesus ang Kaniyang kaugnayan kay Jose, kundi inihayag Niyang Siya ay Anak ng Diyos.

Hindi pinawalang-halaga ni Jesus ang Kaniyang kaugnayan sa Kaniyang mga magulang sa lupa. Buhat sa Jerusalem ay umuwi Siyang kasama nila, at tumulong sa kanila sa kanilang hanap-buhay. Ikinubli Niya sa Kaniyang sariling puso ang hiwaga ng Kaniyang layunin, at matiyagang hinintay ang takdang panahon ng pagpasok Niya sa Kaniyang ministeryo. Sa loob ng labing-walong taon pagkatapos Niyang makilalang Siya ay Anak ng Diyos, ay kinilala Niya ang taling bumibigkis sa Kaniya sa tahanan sa Nasaret, at ginampanan Niya ang mga tungkulin ng isang anak, ng isang kapatid, ng isang kaibigan, at ng isang mamamayan.

Nang mapag-alaman na ni Jesus sa loob ng templo ang Kaniyang sariling ministeryo, ay kusa na Siyang lumayo sa pakikisama sa karamihan. Ibig Niyang pagkapanggaling sa Jerusalem ay mamuhay Siya nang tahimik, na kasama ng mga nakababatid ng lihim ng Kaniyang buhay. Sa seremonya ng paskuwa ay hangad ng Diyos na

tawagin ang Kaniyang bayan palayo sa mga alalahanin nila sa sanlibutan, at pagunitaan tungkol sa kahanga-hangang pagkakahango sa kanila sa Ehipto. Sa seremonyang ito ay hangad Niyang makita nila ang isang pangako ng pagliligtas sa kanila sa kasalanan. Kung paanong ang dugo ng pinatay na kordero ay siyang nagkanlong sa mga tahanan ng Israel, gayundin naman ang dugo ni Kristo ay siyang magliligtas sa kanilang mga kaluluwa; datapwa't maililigtas sila sa pamamagitan lamang ni Kristo kapag sa pananampalataya'y ipamumuhay nila ang Kaniyang buhay. Ang matalinhagang seremonya ay nagkakabisa lamang kapag naaakay nito kay Kristo ang mga sumasamba na Siya'y tanggaping sarili nilang Tagapagligtas. Ibig ng Diyos na kanilang pag-aralan at isipin ang misyon o layunin ni Kristo. Datapwa't nang magsiuwi na ang maraming tao buhat sa Jerusalem, ay lubhang nalibang ang kanilang isip sa saya ng paglalakbay at pagbabalitaan, at nalimutan na nilang lubos ang mga seremonyang kanilang nakita. Ang Tagapagligtas ay hindi naganyak na makisabay sa kanila. [92]

Sa pag-uwi ni Jose at ni Maria buhat sa Jerusalem na kasama si Jesus, hangad Niya sanang maakay ang kanilang mga isip sa mga hulang tumutukoy sa paghihirap at pagbabata ng Tagapagligtas. Sa Kalbaryo'y hangad Niyang mapagaan ang kadalamhatiang daranasin ng Kaniyang ina. Ngayon pa'y naiisip na Niya ito. Masasaksihan ni Maria ang huli Niyang paghihirap, kaya hangad Niya sanang maintindihan nito ang Kaniyang misyon o layunin, upang ito'y magkaroon ng tapang at lakas na mabata ang kadalamhatiang darating sa kaniyang kaluluwa. Kung paanong si Jesus ay nahiwalay sa kaniya, at tatlong araw niyang hinanap nang may pagkalungkot, ay magkakagayundin na pagka inihain na Siya dahil sa mga kasalanan ng sanlibutan, ay mawawala Siyang muli sa kaniya sa loob ng tatlong araw. At kapag bumangon na Siya sa libingan, ang kaniyang kalungkutan ay magiging kaligayahan. Nguni't lalo sanang mababata nito ang kadalamhatian ng pangungulila sa pagkamatay Niya, [93]
kung naintindihan lamang nito ang mga kasulatang ipinaiisip Niya ngayon dito.

Kung sa pamamagitan ng pagbubulay at pananalangin ay namalagi lamang sa Diyos ang mga isipan nina Jose at Maria, sana'y napagkilala nila ang kabanalan ng kanilang pagiging katiwala, at hindi sana napawalay sa kanila si Jesus. Sa isang araw na pag-

papabaya ay nawala sa kanila ang Tagapagligtas; nguni't tatlong araw ng masinop na paghahanap ang ginugol nila bago nila Siya natagpuan. Ganyan din tayo; sa pag-uusap ng walang-kabulu han, sa pagsasabi ng masama, o sa pagpapabayang manalangin, ay mangyayaring sa isang araw ay mawala ang pakikiharap ng Tagapagligtas, at mangyayari ring marami pa munang araw ng malungkot na paghahanap sa Kaniya ang kakailanganing gugulin, bago pa mapanauli ang kapayapaang nawala sa atin.

Sa ating mga pagsasamahan, ay mag-iingat tayo baka malimutan natin si Jesus, at makapagpatuloy tayong hindi natin naiisip na Siya pala ay hindi natin kasama. Kung buhos na buhos ang ating pag-iisip sa mga bagay ng sanlibutan na anupa't hindi man lamang natin naalaala Siya na kinauuwian ng ating pag-asa sa buhay na walang-hanggan, inihihiwalay nga natin ang ating mga sarili kay Jesus at sa mga anghel ng langit. Ang mga banal na kinapal na ito ay hindi makapamamalagi sa mga lugar na hindi kinaroroonan ng Tagapagligtas. Ito nga ang dahil kaya madalas mangyari ang mga panlulupaypay sa gitna ng mga nagpapanggap na sumusunod kay Kristo.

Marami ang nakikinig sa mga pulong na panrelihiyon, at napasisigla at naaaliw ng salita ng Diyos; subali't dahil sa kanilang di-pagbubulay, di-pagiingat, at di-pananalangin, ay nawawala sa kanila ang pagpapala, at kaya nasusumpungan nilang lalo pa silang lupaypay kaysa noong wala pa silang napapakinggan. Malimit ay
[94] nadarama nilang napakabagsik naman ng Diyos sa kanila. Hindi nila nakikitang nasa kanila ang pagkukulang. Sa kanilang kusang paghiwalay kay Jesus, ay kanilang tinatalikdan ang liwanag ng Kaniyang pakikiharap.

Makabubuti sa atin na araw-araw ay gumugol tayo ng isang oras na pagbubulay sa kabuhayan ni Kristo. Bulayin natin ang isa-isang pangyayari, at bayaang mahagip ng guni-guni ang bawa't tagpo, lalung-lalo na ang mga nangyari sa dakong huli ng Kaniyang buhay. Kapag iniisip natin nang ganito ang Kaniyang dakilang sakripisyo sa pagtubos sa atin, magiging lalong matatag ang ating pagtitiwala sa Kaniya, mag-aalab ang ating pag-ibig, at lalong mapupuspos tayo ng Kaniyang Espiritu. Kung iibigin nating maligtas sa wakas, ay marapat nating matutuhan ang liksiyon tungkol sa pagsisisi at pagpapakababa sa paanan ng krus.

Sa ating pagsasama-sama, maaari tayong maging pagpapala sa isa't isa. Kung tayo'y kay Kristo, ang ating pinakamatatamis na isipin ay magiging ukol sa Kaniya. Iibigin nating mag-usap-usap tungkol sa Kaniya; at sa ating pag-uusap-usap tungkol sa Kaniyang pag-ibig, palalambutin naman ng Banal na Espiritu ang ating mga puso. At sa pagtingin sa kagandahan ng Kaniyang likas, ay "nababago tayo sa gayunding larawan mula sa kaluwalhatian hanggang sa kaluwalhatian." 2 Corinto 3:18. [95]

## Kabanata 9—Mga Araw ng Tunggalian

Buhat sa mga unang taon ng pagkabata ang batang Hudyo ay nakukulong na ng mga bilin at mga utos ng mga rabi. Bawa't gawa hanggang sa kaliit-liitang bagay ng buhay ay pawang iniaalinsunod sa mahihigpit na tagubilin. Ang mga kabataan ay binibigyan ng mga tagapagturo sa sinagoga ng di-mabilang na mga utos, na inaasahang gaganapin ng mga taal na Israelita. Datapwa't ang mga bagay na ito ay hindi pinag-aksayahan ni Jesus ng Kaniyang panahon. Sapul sa pagkabata ay hindi na Siya napatali sa mga kautusan ng mga rabi. Ang mga Kasulatan ng Matandang Tipan ay siya Niyang pinagaralang palagi, at ang Kaniyang bukang-bibig ay, "Ganito ang sabi ng Panginoon."

Nang mamulat na ang isip Niya sa talagang kalagayan ng bayan, ay nakita Niya na ang mga kautusan ng lipunan at ang mga kautusan ng Diyos ay laging nagkakalaban. Humihiwalay ang mga tao sa salita ng Diyos, at ang itinatanyag nila ay ang sari-sarili nilang katha. Ang sinusunod nila ay ang mga rito at seremonyang minana nila sa kanilang mga ninuno na wala namang tinataglay na bisa. Ang kanilang pagsamba ay isa lamang paulit-ulit na mga seremonya; ang mga banal na katotohanang sadyang ituturo ng mga seremonyang
[96] ito ay pawang nakubli sa mga sumasamba. Nakita ni Jesus na ang pakitangtaong mga pagsambang ito ay hindi nagbigay ng kapayapaan sa kanila. Hindi nila nakilala ang malayang diwa na kakamtin nila kung paglilingkuran nila ang Diyos sa katotohanan. Naparito si Jesus upang ituro ang kahulugan ng pagsamba sa Diyos, kaya hindi Niya maayunan na paghaluin ang mga utos ng mga tao at ang mga utos ng Diyos. Hindi Niya tinuligsa ang mga utos at mga ginagawa ng matatalinong guro; subali't nang Siya'y pulaan sa Kaniyang mga simpleng kaugalian, ay iniharap Niya ang salita ng Diyos upang patunayang tama ang Kaniyang ginawa.

Sa mabanayad at mapagpakumbabang paraan, ay sinikap ni Jesus na mabigyang-lugod ang mga nakakausap Niya. At dahil sa Siya ay mabanayad at tahimik, ay inakala tuloy ng mga eskriba at matatanda

na mahihikayat Siya agad ng kanilang mga aral. Pinilit nila Siyang tanggapin Niya ang mga kasabihan at mga aral na tinanggap nila sa matatandang guro, datapwa't hiningi sa kanila ni Jesus na iyon ay patunayan sa Banal na Sulat. Ibig Niyang marinig ang talagang salitang lumabas sa bibig ng Diyos; nguni't hindi Niya matatalima ang mga kathakatha ng mga tao. Waring nalalaman ni Jesus ang Mga Kasulatan buhat sa pasimula hanggang sa katapusan, at ipinakilala Niya ang mga ito sa talagang kahulugan nito. Napahiya ang mga rabi sapagka't isang bata ang nagturo sa kanila. Ipinamarali nila na ang tungkulin naman ni Jesus ay ang tumanggap ng kanilang paliwanag. Ikinagalit nila ang pangyayaring tinutulan Niya ang kanilang salita.

Talos nilang hindi nagtitibay sa Kasulatan ang kanilang mga sali't saling sabi. Nakilala nila na ang pagkaunawa ni Jesus sa mga bagay na espirituwal ay nakahihigit sa kanila. Gayunma'y nangapoot sila dahil sa hindi Niya sinunod ang kanilang mga sinasabi. Nang hindi nila Siya mapaniwala, ay hinanap nila si Jose at si Maria, at isinumbong sa kanila ang hindi Niya pagtalima. Kaya Siya ay kanilang sinaway at pinangusapan. [97]

Sapul sa pagkabata ay naging ugali na ni Jesus na gawin ang nalalaman Niyang tama, at ni ang paggalang at pag-ibig Niya sa Kaniyang mga magulang ay hindi makababali sa Kaniyang pagtalima sa salita ng Diyos. "Nasusulat" ang Kaniyang katwiran sa bawa't gawa Niyang naiiba sa pinagkaugaliang gawin ng kanilang pamilya. Datapwa't ang impluwensiya ng mga rabi ay nagpalungkot sa Kaniyang buhay. Bata pa man Siya ay natutuhan na Niya kung gaano kahirap ang magsawalang-kibo at magtiis.

Ang Kaniyang mga kapatid na lalaki, na siyang tawag sa mga anak ni Jose, ay pumanig sa mga rabi. Ipinipilit nilang ipasunod ang mga sabi-sabi ng matatanda, na para bagang iyon ay mga utos ng Diyos. Itinuring nilang mahalaga pa sa salita ng Diyos ang mga utos ng mga tao, at labis-labis nilang ikinainis ang malinaw na pagkakilala ni Jesus sa pagkakaiba ng mali at ng tama. Ang mahigpit na pagtalima Niya sa kautusan ng Diyos ay ibinilang nila na katigasan ng ulo. At sila'y nangagtaka sa Kaniyang karunungan at kaalaman sa pagsagot sa mga rabi. Alam nilang hindi Siya nag-aral sa mga dalubhasa, datapwa't halatang-halata nilang Siya ay isang tagapagturo nila. Napagkilala nilang ang Kaniyang karunungan ay

higit na mataas kaysa kanilang karunungan. Nguni't ang hindi nila naunawa ay Siya'y nakalalapit sa punung-kahoy ng buhay, isang bukal ng karunungang hindi pa nila nalalaman.

Si Kristo ay hindi mapagtangi ng tao, at lubhang ikinamuhi sa Kaniya ng mga Pariseo ang paghiwalay Niya sa ganitong mahigpit nilang tuntunin ng pagtatangi-tangi ng tao. Nasumpungan Niya na ang sumahan ng relihiyon ay nababakuran ng matataas na pader ng pagbubukud-bukod, na para bagang ito'y isang napakabanal na bagay para sa buhay na pang-araw-araw. Ang mga pader na ito ng
[98] pagbubukud-bukod ay Kaniyang iginiba. Sa mga pa- kikipag-ugnay Niya sa mga tao ay hindi Niya itinanong, Ano ba ang iyong aral? Alin bang iglesya ang iyong kinaaaniban? Ginamit Niya ang Kaniyang kapangyarihan upang tulungan ang lahat ng nangangailangan. Sa halip na Siya'y magkulong sa isang kuweba ng ermitanyo upang maipakita ang Kaniyang likas na makalangit, ay masi-gasig Siyang naglingkod sa kapakinabangan ng sangkatauhan. Ipinunla Niya ang simulain na ang relihiyon ng Bibliya ay hindi ang pagpatay sa katawan. Itinuro Niya na ang tunay at walang-dungis na relihiyon ay hindi lamang iniuukol sa mga takdang panahon at mga tanging pagkakataon. Sa lahat ng panahon at sa lahat ng dako ay ipinamalas Niya ang Kaniyang mapagmahal na pagmamalasakit sa mga tao, at Siya'y nagsabog sa palibot Niya ng tuwa at banal na ligaya. Ang lahat ng ito ay sumbat sa mga Pariseo. Sapagka't inihayag nito na ang relihiyon ay hindi ang kasakiman, at ang labis-labis na pag-aasikaso sa sarili ay malayo sa tunay na kabanalan. Ito ang lumikha ng kanilang galit kay Jesus, kaya nga pinagsikapan nilang pilitin na umayon sa kanilang mga tuntunin.

Gumawa si Jesus upang lunasan ang lahat ng nakita Niyang may dinaramdam. Kakaunti ang salapi Niyang maibibigay, nguni't madalas na pinagkaitan Niya ang Kaniyang sarili ng pagkain upang mayroon lamang Siyang maibigay sa mga lalo pang nangangailangan kaysa Kaniya. Inakala ng mga kapatid Niya na labis-labis silang nasisiraan sa mga ginagawang ito ni Jesus. May angkin Siyang talino na wala sa kanila, ni ninanasa mang mapasakanila. Nang sila'y magsalita nang marahas sa mga mahihirap at kaawa-awa, hinanap ni Jesus ang mga taong ito, at nangusap sa kanila ng mga salitang nakapagpapasigla. Yaong mga nangangailangan ay pinainom Niya ng isang saro ng malamig na tubig, at tahimik na inilagay sa kani-

lang mga palad ang sariling pagkain Niya. Sa paghahatid Niya ng ginhawa sa mga nahihirapan, ang mga katotohanang itinuro Niya ay [99] nasamahan ng Kaniyang pagkakawanggawa, at kaya nga hindi ito malimut-limutan.

Ang lahat ng ito ay hindi naibigan ng Kaniyang mga kapatid. Palibhasa'y matanda sila kay Jesus, inakala nilang dapat Siyang sumunod sa kanila. Pinaratangan nila Siya na nagmamarunong sa kanila, at sinuwatan nila Siya sa pag-aanyong nakahihigit sa kanilang mga guro at sa mga saserdote at mga pinuno sa bayan. Madalas nila Siyang bantaan at takutin; nguni't nagpatuloy Siya, na ang ginagawang patnubay ay ang Mga Kasulatan.

Mahal ni Jesus ang Kaniyang mga kapatid, at naging lagi Siyang mapagbigay-loob sa kanila; nguni't nanaghili sila sa Kaniya, at nagpamalas sila ng tiyak na di-paniniwala at pagkayamot. Hindi nila mawatasan ang Kaniyang ikinikilos. Malalaking pagkakasalungatan sa buhay ang nakikita nila kay Jesus. Siya ang banal na Anak ng Diyos, nguni't isang mahina o walang-kayang bata. Palibhasa'y Siya ang Maylikha sa mga sanlibutan, kaya ang lupa ay Kaniya, gayon pa man ang karalitaan na ibang-iba sa kayabangan at kapalaluang makalupa; hindi Siya nagmithi ng kadakilaang makasanlibutan, at Siya'y nasiyahan kahit sa pinakamababang gawain. Ito ang nagpagalit sa Kaniyang mga kapatid. Hindi nila maintindihan kung bakit Siya'y walang kaimik-imik kahit na Siya'y kinagagalitan at pinahihirapan. Hindi naabot ng kanilang unawa na dahil sa atin ay nagpakadukha Siya, upang "tayo naman ay yumaman sa pamamagitan ng Kaniyang karukhaan." 2 Corinto 8:9. Kung paanong hindi naintindihan ng mga kaibigan ni Job kung bakit ito naghirap at nagkasakit, gayundin naman hindi naintindihan ng mga kapatid ni Jesus ang hiwaga ng Kaniyang misyon.

Si Jesus ay di-naunawaan ng mga kapatid Niya sapagka't hindi Siya katulad nila. Ang pamantayan Niya ay hindi nila pamantayan. Sa pagtingin nila sa tao ay naihiwalay nila sa Diyos ang kanilang tingin, at nawalan ng kapangyarihan ang kanilang buhay. Ang mga ayos ng relihiyon na kanilang sinunod ay hindi nakabago ng [100] kanilang likas. Nangagbayad sila ng "ikapu ng yerbabuwena, at ng anis at ng komino," nguni't "kinaligtaan naman nilang sundin ang lalong mahahalagang bagay ng kautusan, gaya ng kahatulan, kaawaan, at pananampalataya." Mateo 23:23. Ang halimbawa o

pamumuhay ni Jesus ay naging isang patuloy na kayamutan sa kanila. Isang bagay lamang sa sanlibutan ang kinapopootan Niya, at iyan ay ang kasalanan. Hindi Niya kayang tingnan ang isang masamang gawa nang hindi Siya magdaramdam o masasaktan. Sa nagbabanal-banalan, na itinatago ang kasalanan sa ilalim ng balabal na kabanalan, at sa likas ng isang tao na ang una at laging sinisikap ay ang ikaluluwalhati ng Diyos, ay madaling makikilala ang malaking pagkakaiba. Sapagka't ang kabuhayan ni Jesus ay humahatol sa masama, kaya Siya'y sinasalungat sa tahanan at sa ibang pook. Ang Kaniyang di-pagkamakasarili at kalinisan ng ugali ay pinag-usap-usapang may pag-uyam. At ang Kaniyang pagpapahinuhod at kabaitan ay tinawag nilang karuwagan.

Tungkol sa masasaklap na karanasang dumarating sa buhay ng tao, walang hindi natikman si Kristo. May mga humamak sa Kaniyang pagiging-tao, at kahit na noong Siya'y maliit pa ay kinailangang harapin Niya ang mga tinging nanlilibak at mga pagbubulung-bulungan nila laban sa Kaniya. Kung ang mga ito ay nasagot man lamang Niya nang pagalit o natingnan kaya nang pairap, kung ang mga kapatid Niya ay nagantihan man lamang Niya ng isang kilos o gawang masama, sana'y nabigo Siya sa pagiging sakdal na halimbawa. Sa gayon sana'y hindi Niya natupad ang panukalang tayo ay matubos. Kung inamin man lamang Niya na talagang may maidadahilan sa pagkakasala, sana'y nagwagi si Satanas, at nawaglit naman ang sanlibutan. Ito ang talagang dahilan kung bakit pinasapit ng manunukso ang lahat ng hirap sa Kaniyang buhay, upang Siya'y
[101] maibulid sa pagkakasala.

[102] Nguni't sa bawa't tukso ay mayroon Siyang isa lamang sagot, "Nasusulat." Bihirang-bihira Niyang salansangin ang anumang lisyang gawa ng Kaniyang mga kapatid, sa halip nito ay isang pangungusap na buhat sa Diyos ang binibitiwan Niya sa kanila. Madalas na pagka Siya'y ayaw makisama sa kanila sa mga gawang bawal, ay pinararatangan nila Siyang duwag; nguni't ang Kaniyang sagot ay, Nasusulat, "Ang pagkatakot sa Diyos ay siyang karunungan; at ang paghiwalay sa kasamaan ay pagkaunawa." Job 28:28.

May mga ilang nagsasadyang makisama sa Kaniya, dahil sa nararamdaman nilang sila'y natitiwasay kung Siya ay kasama; nguni't marami rin naman ang umiwas sa Kaniya, dahil sa sila'y nasusumbatan ng Kaniyang walang-kapintasang pamumuhay. Niyaya

Siya ng Kaniyang mga kasamang gumawa rin ng kanilang ginagawa. Siya'y matalino at masaya; nasiyahan sila sa Kaniyang pakikisama, at tinanggap naman nila ang Kaniyang mga mungkahi; datapwa't nayamot sila sa Kaniyang mga paniniwala, at Siya'y pinagsabihan nilang parang sinauna at panatiko. Ang isinagot ni Jesus ay, Nasusulat, "Sa paano lilinisin ng isang binata ang kaniyang daan? sa pagdinig doon ayon sa Iyong salita." "Ang salita Mo'y aking iningatan sa aking puso, upang huwag akong magkasala laban sa Iyo." Awit 119:9, 11.

Madalas Siyang tanungin, Bakit Ka ba ibang-iba sa amin, na aayaw Kang makisama? Nasusulat, wika Niya, "Mapalad silang sakdal sa lakad, na nagsisilakad sa kautusan ng Panginoon. Mapalad silang nangag-iingat ng Kaniyang mga patotoo, at nagsisihanap sa Kaniya nang buong puso. Oo, silang hindi nagsisigawa ng kalikuan; sila'y nagsisilakad sa Kaniyang mga daan." Awit 119:1-3.

Nang Siya nama'y tanungin kung bakit hindi Siya nakikisama sa mga kapilyuhan ng mga batang Nasaret, ang naging sagot Niya'y, Nasusulat, "Ako'y nagalak sa daan ng Iyong mga patotoo, na gaya ng lahat na kayamanan. Ako'y magbubulay sa Iyong mga tuntunin, [103] at gagalang sa Iyong mga daan. Ako'y mag-aaliw sa Iyong mga palatuntunan: hindi Ko kalilimutan ang Iyong salita." Awit 119: 14-16.

Hindi ipinakipagtalo ni Jesus ang Kaniyang mga matwid. Madalas na naging lalong mabigat ang Kaniyang trabaho dahil sa Siya'y mapagbigay-loob at hindi man lamang dumaraing. Gayunman ay hindi rin Siya nagkulang ni pinanghinaan man ng loob. Hindi Niya inalintana ang mga kahirapang ito, na para bagang nakikita Niya ang mukha ng Diyos. Hindi Siya gumanti nang Siya'y alimurahin, kundi tinanggap Niyang may pagtitiis ang paghamak.

Muli at muling Siya'y tinanong, Bakit Ka pumapayag sa ganyang masamang pakikisama ng Iyong mga kapatid? Ang sagot Niya'y, Nasusulat, "Anak Ko, huwag mong k limutan ang Aking kautusan; kundi ingatan ng iyong puso ang Aking mga utos: sapagka't karamihan ng mga araw, at mga taon ng buhay, at kapayapaan, ay madadagdag sa iyo. Huwag kang pabayaan ng kaawaan at katotohanan: Itali mo sa palibot ng iyong leeg; ikintal mo sa iyong puso: sa gayo'y makakasumpong ka ng lingap at mabuting kaunawaan sa paningin ng Diyos at ng tao." Kawikaan 3:1-4.

Buhat noong si Jesus ay makita ng Kaniyang mga magulang sa loob ng templo, ay naging isa nang hiwagang di nila malirip ang Kaniyang mga kilos. Ayaw Niyang makipagtalo, gayunma'y laging isang aral ang Kaniyang halimbawa o kabuhayan. Wari bang Siya'y isa na itinalaga. Ang oras na Siya ay maligaya ay kung Siya'y nagiisa sa gitna ng katalagahan na ang kasama ay ang Diyos. Kailanma't Siya'y nagkakapanahon, ay iniiwan Niya ang Kaniyang gawain, at tumutungo sa parang, upang mag-muni-muni sa gitna ng bukid, at upang makipag-usap sa Diyos sa paanan ng bundok o sa gitna ng
[104] mga kakahuyan sa kagubatan. Madalas Siyang nakikita pagkaumagang-umaga sa ilang na lugar, na nagbubulay-bulay, nagbabasa ng mga Kasulatan, o kaya'y nananalangin. Pagkapanggaling sa mga tahimik na oras na ito ay umuuwi Siya sa bahay upang gawing muli ang Kaniyang mga tungkulin, at upang magbigay halimbawa ng matiyagang paggawa.

Ang buhay ni Kristo ay isang kabuhayan ng paggalang at pagmamahal sa Kaniyang ina. Taos sa puso ang paniniwala ni Maria na ang Banal na Sanggol na ipinanganak niya ay siyang Mesiyas na malaon nang ipinangako, nguni't wala siyang lakas ng loob na ipahayag ang kaniyang paniniwala. Sa buong buhay ni Jesus sa lupa ay naging karamay-damay si Maria sa lahat Niyang mga kahirapan. Nasaksihang may pagkalungkot ng ina ang mga kaapihan at kahirapang dinanas ng Anak noong Ito'y bata pa hanggang sa magbinata. At kung inaayunan at ipinagtatanggol niya ang mga ginawa Nito na talos niyang tama, ay siya naman ang napapalagay sa napakahirap na katayuan. Ipinalagay niyang ang samahan sa tahanan, at ang magiliw na pag-aalaga ng ina sa kaniyang mga anak, ay kailangang-kailangan sa ikapaghuhugis ng mabuting likas. Napag-alaman ito ng mga lalaki't babaing anak ni Jose, kaya't nakiusap sila sa kaniya, upang baguhin ni Jesus ang Kaniyang mga gawa at ialinsunod sa kanilang pamantayan.

Malimit mangatwiran si Maria kay Jesus, at malimit Itong piliting makiayon sa mga kaugalian ng mga rabi. Nguni't hindi Siya mahimok na Kaniyang baguhin ang pinagkaugalian Niyang pagbubulay sa mga gawa ng Diyos at pagtulong sa mga tao o sa mga hayop man na nahihirapan. Kapag hinihingi ng mga saserdote at ng mga guro ang tulong ni Maria na supilin o pigilin si Jesus, dito labis na naliligalig ang ina; nguni't napapayapang muli ang kaniyang

loob pagka ipinakikita na ng Anak ang mga talata ng Kasulatan na sumasang-ayon sa mga ginagawa Nito. [105]

May mga panahong hindi malaman ni Maria kung sino ang kaniyang paniniwalaan o papanigan, kung si Jesus o ang mga kapatid Nito, na hindi nanganiniwalang Ito ay isinugo ng Diyos; subali't sagana naman ang katibayang Ito nga ay may likas ng pagka-Diyos. Nakita niyang Ito'y nagpapakahirap sa ikabubuti ng iba. Ang pakikiharap Nito ay lalong naghahatid ng banal na impluwensiya sa loob ng tahanan, at ang buhay Nito ay tulad sa lebadurang gumagawa sa mga sangkap ng lipunan. Timtiman at walang-kapintasan, Siya'y lumakad sa gitna ng di-makatarungang mga maniningil ng buwis, ng mga hambog, ng mga likong Samaritano, ng mga kawal na walang Diyos, ng walang-pakundangang mga tagabukid, at ng halu-halong karamihan. Kung nakakakita Siya ng mga taong pagal na, nguni't pilit pa ring kinakaya ang mabibigat na dalahin, ay nagsasalita Siya sa kanila ng mga salitang umaaliw at dumaramay. Tinutulungan Niya sila, at inuulit Niya sa kanila ang mga aral na natutuhan Niya sa katalagahan, tungkol sa pag-ibig, sa kagandahang-loob, at sa kabutihan ng Diyos.

Itinuro Niya sa lahat na ituring nilang sila'y may angking mga kakayahan, na kung tumpak nilang gagamitin ay makapagdudulot sa kanila ng mga kayamanang walang-hanggan. Lahat ng mga walang kabuluhan ay inaalis Niya sa buhay, at sa pamamagitan ng sarili Niyang halimbawa ay Kaniyang itinuro na bawa't sandali ng panahon ay tigib ng walang-hanggang mga bunga; kaya't dapat mahaling tulad sa isang kayamanan, at marapat gamitin sa mga banal na layunin. Wala Siyang nilampasang tao na para bagang ito'y walang kabuluhan, kundi ang lahat ay sinikap Niyang malapatan ng lunas. Sinuman ang Kaniyang makasama, ay binabalitaan Niya ng aral na nababagay sa panahon at sa pangyayari. Tinuruan Niyang sumampalataya ng lalong magulo at walang-pag-asa, na ipinakilala sa kanilang sila man ay makapa-mumuhay ng walang-dungis at walang-kapintasan, hanggang sa sila'y magkaroon ng likas na [106]
maghahayag sa kanila na sila'y mga anak ng Diyos. Madalas ay Kaniyang nakakatagpo ang mga napalulong na kay Satanas, at mga wala nang kapangyarihang makakalag sa silo nito. Sa mga ganyang lupaypay, maysakit, natukso, at nagkasala, si Jesus ay buong pagkahabag na nagsasalita, ng mga salitang kailangan nila at nauunawaan

nila. May mga iba namang nakakatagpo Siya na pangatawanang nakikilaban sa kaaway ng mga kaluluwa. Ang mga ito'y pinasisigla Niyang magpatuloy na makilaban, na tinitiyak sa kanilang sila'y magwawagi; sapagka't ang mga anghel ng Diyos ay kakampi nila, at magbibigay sa kanila ng tagumpay. Ang mga natutulungan Niya sa ganitong paraan ay nanganiwalang narito ang Isa na kanilang lubos na mapananaligan at mapagtitiwalaan. At hinding-hindi Niya ibinubunyag sa iba ang kanilang mga lihim na paanas nilang ibinulong sa Kaniyang madamaying pakinig.

Si Jesus ang manggagamot ng katawan at ng kaluluwa. Siya'y naawa sa lahat ng nakita Niyang nahihirapan, at bawa't isa sa kanila'y hinatdan Niya ng ginhawa, at ang matatamis Niyang salita ay nagsilbing balsamo o gamot sa kanila. Walang makapagsabing Siya'y gumawa ng kababalaghan; kundi bisa o kagalingan—ang nagpapagaling na kapangyarihan ng pag-ibig—ang lumabas sa Kaniya at pumasok sa mga maysakit at mga nahihirapan. Sa ganyang paraan ay maluwag at maginhawang Siya'y naglingkod sa mga tao buhat pa sa Kaniyang pagkabata. At ito ang dahilan kung bakit, pagkatapos na pasimulan Niya ang Kaniyang hayagang paglilingkod o ministeryo, ay lubhang marami ang nangakinig sa Kaniya nang buong kagalakan.

Gayon pa man sa buong panahon ng Kaniyang kamus-musan, kabataan, at pagkakaroon ng gulang, ay nag-isa si Jesus.sa paglakad. Sa Kaniyang kalinisan at pagkamatapat, ay nag-isa Siya na niyapakan ang alilisan ng alak, at sa mga tao ay walang sumama sa
[107] Kaniya. Pinasan Niya ang kakila-kilabot na bigat ng kapanagutan sa pagliligtas ng mga tao. Talos Niya na kung hindi magkakaroon ng ganap na pagbabago sa mga simulain at mga layunin ng sangkatauhan, lahat ay mawawaglit. Ito ang naging pasanin ng Kaniyang kaluluwa, at walang sinumang ibang nakaalam kung gaano ang bigat ng pasaning Kaniyang dinala. Puno ang puso ng maalab na hangarin, na itinaguyod Niya ang layunin ng Kaniyang buhay na
[108] Siya na rin ay dapat maging ilaw ng mga tao.

## Kabanata 10—Ang Tinig sa Ilang

Ang kabanatang ito ay batay sa Lukas 1:5-23, 57-80; 3:1-18; Mateo 3:1-12; Marcos 1:1-8.

Buhat sa gitna ng mga tapat sa Israel, na malaong naghintay sa pagdating ng Mesiyas, ay lumitaw ang isang paunang-tagapagbalita ni Kristo. Ang matandang saserdoteng si Zacarias at ang asawa niyang si Elizabeth ay "kapwa matwid sa harap ng Diyos;" at sa kanilang tahimik at banal na pamumuhay ay nagliwanag ang ilaw ng pananampalataya na katulad ng bituing sumikat sa gitna ng kadiliman ng masasamang araw na iyon. Sa banal na mag-asawang ito ay ibinigay ang pangakong sila'y magkakaanak ng isang lalaki, na "magpapauna sa harap ng Panginoon upang maghanda ng Kaniyang mga daan."

Si Zacarias ay nanirahan sa "maburol na lupain ng Judea," nguni't siya'y umahon sa Jerusalem upang maglingkod sa templo nang isang linggo, isang paglilingkod na itinagubiling gawin ng bawa't pulutong ng mga saserdote. "At nangyari nga, na samantalang ginaganap niya ang tungkulin ng saserdote sa harap ng Diyos ayon sa kapanahunan ng kaniyang pulutong, alinsunod sa kaugalian ng tungkulin ng saserdote, ay naging palad niya ang pumasok sa templo ng Panginoon at magsunog ng kamanyang."

Nakatindig siya sa harapan ng gintong dambana sa loob ng banal
na dako ng santuwaryo. Ang usok ng kamanyang ay pumapaitaas [109]
sa harap ng Diyos na kasama ang mga panalangin ng Israel. Dikaginsa-ginsa'y naram-daman na lamang niyang may isang banal na lalaki. Isang anghel ng Panginoon ang "nakatayo sa gawing kanan ng dambana." Ang katayuan ng anghel ay nagpapakilala ng paglingap ng Diyos, nguni't hindi ito napansin ni Zacarias. Marami nang taong siya'y dumalangin na dumating na sana ang Manunubos; at ngayo'y nagsugo ang langit ng tagapagbalita nito upang ipahayag na sasagutin na ang mga panalanging ito; nguni't waring ang habag

ng Diyos ay napakalaki upang ito'y mapaniwalaan. Siya'y nalipos ng takot at panliliit.

Datapwa't isang masayang pangako ang ibinati sa kaniya: "Huwag kang matakot, Zacarias: sapagka't dininig ang daing mo; at ang asawa mong si Elizabeth ay manganganak ng isang lalaki, at tatawagin mong Juan ang kaniyang pangalan. At magkakaroon ka ng ligaya at galak; at marami ang matutuwa sa pagkapanganak sa kaniya. Sapagka't siya'y magiging dakila sa paningin ng Panginoon, at siya'y hindi iinom ng alak ni ng matapang na inumin; at siya'y mapupuspos ng Espiritu Santo. ... At marami sa mga anak ni Israel ay papagbabaliking-loob niya sa Panginoon nilang Diyos. At siya'y lalakad sa unahan ng Kaniyang mukha na may espiritu at kapangyarihan ni Elias, upang papagbabali-king-loob ang mga puso ng mga ama sa mga anak, at ang mga suwail ay magsilakad sa karunungan ng mga matwid; upang ipaglaan ang Panginoon ng isang bayang nahahanda. At sinabi ni Zacarias sa anghel, Sa ano malalaman ko ito? sapagka't ako'y matanda na, at ang aking asawa ay may pataw ng maraming taon."

Alam na alam ni Zacarias kung paanong si Abraham ay binigyan ng isang anak nang siya'y matanda na sapagka't pinaniwalaan niya na tapat Yaong nangako. Subali't sumandaling naisip ng matandang
[110] saserdote ang kahinaan ng tao. Nalimutan niya na anuman ang ipinangako ng Diyos, ay kaya Niyang tupdin. Kaylaki ng kaibhan ng ganitong di-paniniwala, sa matimyas at tulad-sa-batang pananampalataya ni Maria, na dalagang tagaNasaret, na ang naging tugon sa kagila-gilalas na pahayag ng anghel ay, "Narito ang lingkod ng Panginoon; mangyari sa akin ang ayon sa iyong salita"! Lukas 1:38.

Ang pagkakaroon ng anak ni Zacarias, tulad ng pagkakaroon ng anak ni Abraham, at ng pagkakaanak din naman ni Maria, ay itinadhanang magturo ng isang dakilang katotohanang espirituwal, isang katotohanang hindi natin matutu-tutuhan, at matutuhan man ay madali namang malimutan. Kung sa sarili lamang natin ay hindi natin kaya ang gumawa ng anumang mabuting bagay; datapwa't ang hindi natin kayang gawin ay magagawa ng kapangyarihan ng Diyos sa isang taong napasasakop at naniniwala. Ang anak sa pangako ay ibinigay sa pamamagitan ng pananampalataya. At sa pamamagitan din ng pananampalataya ay iniaanak ang espirituwal na buhay, at tayo ay nakagagawa ng mga gawa ng katwiran.

Sa tanong ni Zacarias ay ganito ang isinagot ng anghel, “Ako’y si Gabriel, na tumatayo sa harap ng Diyos; at ako’y inutusan upang magsalita sa iyo, at magpakilala sa iyo ng masasayang balitang ito.” Noong may limandaang taon na ang nakaraan, ay ipinakilala ni Gabriel kay Daniel ang mahabang panahong hinulaan na umabot hanggang sa pagparito ni Kristo. Ang pagkakilalang malapit na ang panahong ito ay siyang nag-udyok kay Zacarias na idalanging dumating na sana ang Mesiyas. Ngayon ay dumating ang sugo ring iyon na pinagbigyan ng hula upang ipahayag ang pagkatupad niyon.

Ang pangungusap ng anghel na, “Ako’y si Gabriel, na tumatayo sa harap ng Diyos,” ay nagpapakilalang siya’y may hawak na mataas na tungkulin sa kalangitan. Nang siya’y lumapit kay Daniel na taglay ang pabalita, ay kaniyang sinabi, “Walang sinumang tutulong sa akin laban sa mga ito, kundi si Miguel (Kristo) na inyong [111]
Prinsipe.” Daniel 10:21. Sa Apocalipsis ay ganito ang sinabi ng Tagapagligtas tungkol kay Gabriel, “Kanyang ipinadala at ipinaalam sa pamamagitan ng Kaniyang anghel sa kanyang alipin na si Juan.” Apocalipsis 1:1. At kay Juan ay sinabi ng anghel, “Ako ay kapwa mo alipin at ng iyong mga kapatid na mga propeta.” Apocalipsis 22:9, R.V. Nakapagtatakang isipan—na ang anghel na sumusunod sa karangalan ng Anak ng Diyos ay siyang hinirang na magbukas o maghayag ng mga panukala ng Diyos sa mga taong makasalanan.

Pinag-alinlanganan ni Zacarias ang mga salita ng anghel. Hindi na siya makapagsasalitang muli hanggang sa mangatupad ang mga iyon. “Narito,” ang wika ng anghel, “ikaw ay mapipipi, ... hanggang sa mangyari ang mga bagay na ito, sapagka’t hindi mo pinaniwalaan ang aking mga salita, na matutupad sa kanilang kapanahunan.” Tungkulin ng saserdote sa ganitong paglilingkod na idalangin din ang pagdating ng Mesiyas; datapwa’t nang tangkaing gawin ito ni Zacarias, ay wala siyang masabing isa mang salita.

Paglabas niya sa templo upang basbasan ang bayan, “kinawayan niya sila, at hindi siya makapagsalita.” Maluwat silang naghintay sa kaniya, at sila’y nag-alaalang baka siya’y pinatay na ng Diyos doon sa loob. Nguni’t nang siya’y lumabas mula sa banal na dako, ay nagliliwanag ang kaniyang mukha sa kaluwalhatian ng Diyos, “at sinapantaha nilang nakakita siya sa templo ng pangitain.” Iminuwestra ni Zacarias sa kanila ang kaniyang nakita at narinig; at “nang

matapos na ang panahon ng kaniyang paglilingkod, ay umuwi siya sa kaniyang bahay."

Karaka-rakang maipanganak ang sanggol na ipinangako, ay nakalagan ang dila ng ama, "at siya'y nagsalita, at nagpuri sa Diyos. At sinidlan ng takot ang lahat ng tumatahan sa palibut-libot nila: at ang lahat ng mga salitang ito ay kumalat sa buong lupaing bulubun-
[112] dukin ng Judea. At ang lahat ng nakarinig nito ay tinimpi ito sa kanilang mga puso, na nangagsasabi, Magiging ano kaya ang batang ito!" Ang lahat ng mga bagay na ito ay nagpapagunita sa pagdating ng Mesiyas, na siyang ipaghahanda ni Juan ng daan.

Si Zacarias ay kinasihan agad ng Espiritu Santo, at sa ganitong matatayog na mga pangungusap ay hinulaan niya ang magiging gawain ng kaniyang anak:

"Ikaw, sanggol, tatawagin kang propeta ng Kataas-taasan: Sapagka't magpapauna ka sa unahan ng mukha ng Panginoon upang ihanda ang Kaniyang mga daan; Upang maipakilala ang kaligtasan sa Kaniyang bayan
Sa pagkapatawad ng kanilang mga kasalanan, Dahil sa magiliw na habag ng aming Diyos;
Ang Pagbubukang-liwayway buhat sa kaitaasan ay dadalaw sa atin,
Upang liwanagan ang nangakalugmok sa kadiliman at sa lilim ng kamatayan,
Upang itumpak ang ating mga paa sa daan ng kapayapaan."

"At lumaki ang bata, at lumakas sa espiritu, at namalagi sa ilang hanggang sa araw ng pagpapakita niya sa Israel." Bago ipinanganak si Juan, ay sinabi ng anghel, "Siya'y magiging dakila sa paningin ng Panginoon, at siya'y hindi iinom ng alak ni ng matapang na inumin; at siya'y mapupuspos ng Espiritu Santo." Tinawag ng Diyos ang anak ni Zacarias sa isang dakilang gawain, ang pinakadakilang gawaing ipinagkatiwala sa mga tao. Upang ito'y magampanan, dapat siyang makiisa sa Panginoon. At ang Espiritu ng Diyos ay sasakaniya kung makikinig siya sa tagubilin ng anghel.

Si Juan ay magiging tagapagbalita ni Jehoba, upang ihatid sa
[113] mga tao ang liwanag ng Diyos. Siya ang aakay sa mga isip nila sa bagong landas. Ipakikilala niya sa kanila ang kabanalan ng mga utos

ng Diyos, at ang pangangailangan nila ng Kaniyang katwiran. Ang ganitong tagapagbalita ay dapat maging banal. Marapat siyang maging templong tahanan ng Espiritu ng Diyos. Upang magampanan niya ang kaniyang gawain, dapat siyang magkaroon ng malusog na pangangatawan, at malakas na isip at kalooban. Dahil dito ay kailangang marunong siyang magpigil sa gana sa pagkain at sa mga silakbo ng damdamin. Kailangang bihasa siya sa lahat ng pagpipigil upang siya'y makatayo sa gitna ng mga tao na hindi masisindak sa anumang mga pangyayari na tulad ng mga bato at mga bundok sa ilang na di-natitinag.

Nang panahon ni Juan Bautista, ay malaganap ang pagkagahaman sa mga kayamanan, at ang pagkahilig sa karangyaan at pagkatanghal. Mga pagsasayang mahahalay, at mga pagkakainan at pag-iinuman, ang naghatid ng sakit at nagpahina sa katawan, na pinamanhid ang mga pang-unawang ukol sa espiritu, at pinahina ang loob sa paglaban sa kasalanan. Si Juan ang tatayo na magbabago nito. Ang kaniyang mapagpigil na kabuhayan at simpleng pananamit ay magiging saway sa mga pagmamalabis na palasak noon. Kaya nga ibinigay ang mga tagubilin sa mga magulang ni Juan—mga tagubilin tungkol sa pagpipigil na ibinigay ng anghel na buhat sa luklukan ng kalangitan.

Sa panahong maliit pa ang bata ay madaling maturuan at makintalan ang kaniyang likas. Sa panahong ito dapat ituro ang pagpipigil sa sarili. Sa tabi ng dapugan at sa pag-uusap ng pamilya ay naikikintal ang mga impluwensiyang ang mga bunga ay tumatagal na gaya ng walang-hanggan. Ang mga ugaling naituro at naitatag sa mga unang taon ng bata, ay higit sa mga katutubong kaloob, na siyang magpapakilala kung ang isang tao ay magtatagumpay o magagapi sa pakikipagbaka sa buhay. Ang kabataan ay panahon ng paghahasik. [114]
Ito ang nagpapakilala kung ano ang uri o likas ng aanihin, sa buhay na ito at sa buhay na darating.

Sa pagka-propeta ni Juan, kaniyang "papagbabalikingloob ang mga puso ng mga ama sa mga anak, at ang mga masuwayin sa karunungan ng mga matwid; upang ihanda ang isang bayan sa Panginoon." Sa paghahanda niya ng daan para sa unang pagparito ni Kristo, siya ang kumatawan doon sa mga maghahanda ng isang bayan para sa ikalawang pagdating ng Panginoon. Ang sanlibutan ay nakalulong sa pagpapakalayaw. Naglipana ang mga kamalian

at mga katha-katha. Dumarami ang mga silo ni Satanas na ukol sa ikapapahamak ng mga tao. Dahil nga rito'y dapat matutuhan ng lahat na nagnanais pasakdalin ang kabanalan sa pagkatakot sa Diyos, ang mga aralin ng pagpipigil at pagsupil sa sarili. Ang gana o panlasa sa pagkain at ang mga silakbo ng damdamin ay dapat ipasupil sa nakatataas na kapangyarihan ng isip. Ang ganitong pagsupil sa sarili ay kailangan sa ikalulusog ng isip at ng pang-unawang ukol sa espiritu na magbibigay-kaya sa atin upang ating malirip at maisagawa ang mga banal na katotohanan ng salita ng Diyos. Ito ang dahilan kaya napapasama ang pagtitimpi o pagpipigil sa gawain ng paghahanda sa ikalawang pagdating ni Kristo.

Katutubo sanang mangyari, na ang anak ni Zacarias ay mag-aral ng pagkasaserdote. Nguni't kung siya'y magaaral sa paaralan ng mga rabi ay hindi siya maaangkop sa kaniyang gawain. Hindi siya ipinadala ng Diyos sa mga tagapagturo ng teolohiya upang maalaman niya kung paano ang pagpapaliwanag sa mga Kasulatan. Tinawag Niya siya sa ilang, upang makilala niya ang katalagahan at ang Diyos ng katalagahan.

Isang ilang na pook ang kaniyang tinirhan, sa gitna ng mga burol, mga bangin, at mga yungib na bato. Nguni't sadya niyang pinili ang
[115] mahigpit na disiplinang ibinibigay ng ilang upang malayuan ang mga kaaliwan at mga luho sa buhay. Ang kaniyang mga kapaligiran sa dakong ito ay nababagay sa mga kaugaliang simple at mapagkait sa sarili. Palibhasa'y malayo sa kaingayan ng sanlibutan, nagpag-aralan niya rito ang mga aralin tungkol sa katalagahan, tungkol sa salita at sa pamamatnubay ng Diyos sa buhay ng mga tao. Ang mga salita ng anghel kay Zacarias ay madalas ulitin kay Juan ng mga magulang niyang matatakutin sa Diyos. Buhat noong siya'y maliit pang bata ay iminulat na sa kaniya ang misyong gagampanan niya, at tinanggap naman niya ang banal na tungkuling ipinagkatiwala. Sa ganang kaniya ang katahimikan ng ilang ay isang mabuting pag-iwas sa lipunang doon ang paghihinala, di-pananampalataya, at ang kahalayan ay naging totoo nang laganap. Siya'y nagalaalang wala siyang lakas na malabanan ang tukso, at kaya nga siya'y umiwas na laging mapaugnay sa kasalanan, baka sa pamimihasa'y mawala na sa kaniya ang pagkadama ng bagsik ng kasalanan.

Palibhasa'y naitalaga na siya sa Diyos bilang isang Nazareno buhat pa sa kaniyang pagkapanganak, siya naman ay nanata rin

habang-buhay. Ang damit niya ay damit ng mga unang propeta, damit na balahibo ng kamelyo, na nabibigkisan ng sinturong balat. Ang pagkain niya ay balang at pulut-pukyutan na natatagpuan sa ilang, at ang iniinom niya ay malinis na tubig buhat sa mga burol.

Nguni't ang buhay ni Juan ay hindi inaksaya sa katamaran, sa mahigpit na pamamanglaw, o sa makasariling pag-iisa. Sa panapanahon ay lumalabas siya at nakikisalamuha sa mga tao; at lagi nang kinawiwilihan niyang matyagan ang mga nangyayari sa sanlibutan. Buhat sa matahimik niyang tirahan ay minatyagan niya ang pagkakahayag ng mga pangyayari. Sa pamamagitan ng paninging pinagliliwanag ng Espiritu ng Diyos ay kaniyang pinag-aralan ang mga likas ng mga tao, upang maalaman niya kung paano mapaaabot [116] sa kanilang mga puso ang pabalita ng langit. Laman ng kaniyang puso ang paglilingkod. Sa pag-iisa, sa pagbubulay at pananalangin, ay sinikap niyang igayak ang kaniyang kaluluwa sa gawaing nasa harap niya.

Bagama't nasa ilang, ay hindi siya naligtas sa mga tukso. Kaya hangga't magagawa niya, ay sinarhan niya ang lahat ng madaraanan ni Satanas, gayunma'y patuloy pa rin siyang sinalakay ng manunukso. Nguni't malinaw ang kaniyang paninging espirituwal; nakapaglinang siya ng tibay ng likas at tatag ng pasiya, at sa tulong ng Espiritu Santo ay namanmanan niya ang paglapit ni Satanas, at nalabanan ang kapangyarihan nito.

Natagpuan ni Juan sa ilang ang kaniyang paaralan at kaniyang santuwaryo. Katulad ni Moises na naligid ng mga bundok ng Midian, siya'y nilukuban ng pakikiharap ng Diyos, at napaligiran ng mga tanda ng Kaniyang kapangyarihan. Hindi niya naging palad na tumahan, gaya ng dakilang lider ng Israel, sa gitna ng solemneng karilagan ng tahimik na kabundukan; gayunma'y nasa harap niya ang matatayog na bundok ng Moab, sa kabila lamang ng Jordan, na nagbabadya ng tungkol sa Diyos na nagtayo ng mga bundok, at nagbigkis dito ng lakas. Ang mapanglaw at nakatatakot na anyo ng katalagahan sa ilang na kaniyang tahanan ay siya ring larawan ng kalagayan ng Israel. Ang mabungang ubasan ng Panginoon ay naging wasak at napabayaan. Datapwa't maganda naman at aliwalas ang langit na nakayungyong sa ilang. Ang mga ulap na nagdidilim, at nagbabanta ng ulan, ay nababalantukan ng pangakong bahaghari. Kaya sa ibabaw ng kadustaan ng Israel ay nagliliwanag ang

ipinangakong kaluwalhatian ng paghahari ng Mesiyas. Ang mga ulap ng kagalitan ay napaiibabawan ng bahag-haring Kaniyang tipan ng kaawaan.

Mag-isang binasa niya sa katahimikan ng gabi ang pangako ng
[117] Diyos kay Abraham na ang binhi nito o lahi nito ay di-mabibilang na gaya ng mga bituin sa langit. Ang liwanag ng madaling-araw, na dumadampulay sa kabundukan ng Moab, ay nagbabadyang may Isang dumarating na tulad sa "liwanag sa kinaumagahan, pagka ang araw, ay sumisikat sa isang umagang walang mga alapaap." 2 Samuel 23:4. At sa liwanag naman ng katang-haliang-tapat ay natanaw niya ang kakinangan ng Kaniyang pagpapakita, pagka "ang kaluwahatian ng Panginoon ay mahahayag, at makikita ng magkakasama ng lahat ng mga tao." Isaias 40:5.

Taglay ang diwang namimitagan nguni't naliligayahan ay sinaliksik niya sa mga kasulatan ng hula ang mga pahayag tungkol sa pagdating ng Mesiyas—ang binhing ipinangako na dudurog sa ulo ng ahas; ang Shiloh, "na tagapagbigay ng kapayapaan," na lilitaw bago mawakasan ang mga paghahari sa luklukan ni David. Ngayo'y dumating na ang panahon. Isang pinunong Romano ang nakaluklok sa palasyo ng Bundok ng Siyon. Alinsunod sa tiyak na salita ng Panginoon, tunay na ipinanganak na ang Kristo.

Ang mga buhay na paglalarawang ginawa ng propeta Isaias tungkol sa kaluwalhatian ng Mesiyas ay siyang pinag-aralan ni Juan araw at gabi—ang Sangang susupling sa ugat ni Jesse; isang Haring maghahari sa katwiran, na hahatol nang "may katarungan sa mga maamo sa lupa;" "isang kanlungan sa bagyo; ... lilim ng malaking bato sa isang pagal na lupain;" ang Israel ay hindi na tatawaging "Pinabayaan," ni ang kaniyang lupain man ay tatawaging "Wasak," kundi siya'y tatawagin ng Panginoon, na "Aking Kaluguran," at ang kaniyang lupain ay "Beulah." Isaias 11:4; 32:2; 62:4. Nag-umapaw sa puso ng banal na lalaking ito ang maluwalhating pag-asa.

Tumingin siya sa Haring nasa Kaniyang kagandahan, at nalimutan niya ang kaniyang sarili. Namasdan niya ang karilagan ng kabanalan, at naramdaman niyang siya'y walang-kaya at di-kara-
[118] pat-dapat. Handa siyang humayo bilang tagapagbalita ng Langit, na di-nasisindak sa mga tao, sapagka't tumingin siya sa Diyos. Makatatayo siyang matuwid at walang-takot sa harapan ng mga hari sa lupa, sapagka't nagpatirapa siya sa harap ng Hari ng mga hari.

Hindi lubusang natatap ni Juan ang uri ng kaharian ng Mesiyas. Inasahan niyang mahahango ang Israel sa mga kaaway nitong bansa; nguni't ang pagdating ng isang Hari sa katwiran, at ang pagkatatag ng Israel bilang isang banal na bansa, ay siyang dakilang pakay ng kaniyang pag-asa. Sa gayo'y matutupad ayon sa paniniwala niya ang hulang sinabi noong siya'y ipanganak na—

"Na alalahanin ang Kaniyang banal na tipan; ...
Na yamang nangaligtas tayo sa kamay ng ating mga kaaway
Ay paglingkuran natin Siya nang walang takot,
Sa kabanalan at katwiran sa harapan Niya, lahat ng ating mga araw."

Nakita niyang ang kaniyang bayan ay napaglalangan, nasisiyahan, at nahihimbing sa kanilang mga kasalanan. Hangad niyang maimulat sila sa lalong banal na pamu-muhay. Ang pabalitang ibinigay sa kaniya ng Diyos ay may layong gisingin sila sa kanilang pagkakatulog, at sila'y papangatalin dahil sa kanilang malaking kasamaan. Bago ihasik ang binhi ng ebanghelyo, ay kailangan munang bungkalin ang lupa ng puso. Bago sila humingi ng kagalingan at ginhawa kay Jesus, ay dapat munang magising sila sa panganib ng mga sugat ng kasalanan nila.

Ang Diyos ay hindi nagpapadala ng mga sugo upang purihin ang makasalanan. Hindi Siya nagpapahatid ng pabalita ng kapayapaan upang ipaghele ang makasalanan sa mahimbing at mapanganib na katiwasayan. Kaniyang nililigalig ang budhi ng gumagawa ng kasamaan, at inuulos ng sumbat ang kaluluwa. Inihaharap din naman [119]
sa kaniya ng mga naglilingkod na anghel ng mga nakatatakot na hatol ng Diyos upang lalong ipadama sa kaniya ang kaniyang pangangailangan, at maudyukan siyang sumigaw ng, "Ano ang dapat kong gawin upang maligtas?" Pagkatapos, ang kamay na nagpalugmok sa makasalanan sa alabok, ay siya rin namang nagbabangon sa nagsisisi. Ang tinig na sumaway sa kasalanan, at humiya sa kayabangan at kataasan, ay nagtatanong na may pagmamahal, "Ano ang ibig mong gawin Ko sa iyo?"

Nang magsimula ang ministeryo ni Juan, ang bansa ay kasalukuyang nasa maalingasngas at magulong kalagayan na nabibingit sa himagsikan. Nang maalis si Archelaus, ay nalagay

ang Judea sa ilalim ng pamumuno ng Roma. At ang panlulupig at panghuhuthot ng mga gobernador na Romano, at ang mapilit nilang hangad na maipasok ang mga pagsamba at mga kaugaliang pagano, ay nagpasiklab sa apoy ng paghihimagsik, na naapula lamang sa pamamagitan ng dugo ng libu-libong matatapang ng Israel. Ang lahat ng ito ay nagpaalab sa pagkapoot ng bansa laban sa Roma, at nagpasidhi sa pananabik na makalaya sa kapangyarihan nito.

Sa gitna ng mga pagtatalo at pagkakagalit, ay isang tinig ang narinig buhat sa ilang, isang tinig na nakagigitla at mabal-asik, gayunma'y lipos ng pag-asa: "Mangagsisi kayo; sapagka't malapit na ang kaharian ng langit." Sa pamamagitan ng isang bago't kakaibang kapangyarihan ay naantig ang mga tao. Pauna nang sinabi ng mga propeta na ang pagdating ng Kristo ay isang pangyayaring malayo pa sa hinaharap; nguni't ngayo'y naririto ang pahayag na ito'y malapit na. Ang kakatwang ayos ni Juan ay nagpaalaala sa mga nakarinig sa mga matatandang propeta nang una. Sa kaniyang kilos at pananamit ay kahawig niya ang propeta Elias. Sa espiritu at kapangyarihan ni Elias ay tinuligsa niya ang mga kabulukan ng
[120] bansa, at sinaway ang umiiral na mga kasalanan. Ang mga salita
[121] niya ay malinaw, tiyak, at kapani-paniwala. Marami ang naniwalang
siya ay isa sa mga propetang bumangon sa mga patay. Nagising ang buong bansa. Nagdagsaan sa ilang ang mga tao.

Itinanyag ni Juan ang pagdating ng Mesiyas, at inan-yayahan niya ang mga tao na magsipagsisi. At bininyagan niya sila sa ilog ng Jordan, bilang tanda ng paglilinis sa kasalanan. Sa ganito'y ipinakilala niya na ang mga nag-babansag na bayan ng Diyos ay nangadumhan ng kasalanan, at kung hindi malilinis ang puso at kabuhayan ay hindi sila magkakabahagi sa kaharian ng Mesiyas.

Nagsidating ang mga prinsipe at mga rabi, ang mga kawal, ang mga maniningil ng buwis, at ang mga magbu-bukid upang makinig sa propeta. Sandaling panahong nangatakot sila sa solemneng babala ng Diyos. Marami ang naakay na magsisi, at tumanggap ng bautismo. Lahat ng uri ng tao ay tumalima sa tagubilin ni Juan Bautista, upang sila'y magkabahagi sa kahariang itinanyag niya.

Marami sa mga eskriba at mga Pariseo ang dumating na ikinumpisal ang kanilang mga kasalanan, at humiling na sila'y bautismuhan. Ipinagmalaki nilang sila'y higit na mabubuti kaysa ibang mga tao, at napapaniwala nila ang bayang sila ay mga taong banal; nguni't

ngayo'y nalantad ang mga lihim na kasalanan ng kanilang pamumuhay. Datapwa't si Juan ay pinagsabihan ng Espiritu Santo na ang marami sa mga taong ito ay hindi tunay na nagsisisi ng kasalanan. Mga mapagsamantala lamang sila. Inasahan nila na kung sila'y maging mga kaibigan ng propeta, ay makakasumpong sila ng lingap sa dumarating na Prinsipe. At sa pamamagitan ng pagtanggap nila ng bautismo sa mga kamay ng tanyag na kabataang gurong ito, ay inakala nilang lalakas ang kanilang impluwensiya sa mga tao.

Sinalubong sila ni Juan ng masakit na katanungang, "O, kayong lahi ng mga ulupong, sino ang maysabi sa inyo na kayo'y tumakas sa galit na dumarating? Magsi- pagbunga nga kayo ng karapat-dapat [122] sa pagsisisi: at huwag kayong mag-isip sa loob ninyo na sabihin, Si Abraham ang aming ama: sapagka't sinasabi ko sa inyo, na kahit buhat sa mga batong ito ay kaya ng Diyos na mapalitaw ang mga anak kay Abraham."

Ang pangako ng Diyos na pagpapalain Niyang lagi ang Israel ay binigyan ng mga Hudyo ng maling kahulugan: "Ganito ang sabi ng Panginoon, na nagbibigay ng araw na sumisikat na pinakaliwanag sa araw, at ng mga ayos ng buwan at ng mga bituin na pinakaliwanag sa gabi, na nagpapakilos sa dagat na humugong ang mga alon niya-n; Panginoon ng mga hukbo ay siyang Kaniyang pangalan: Kung ang mga ayos na ito ay humiwalay sa harap Ko, sabi ng Panginoon, ang binhi nga ng Israel ay maglilikat sa pagkabansa sa harap Ko magpakailanman. Ganito ang sabi ng Panginoon, Kung ang langit sa itaas ay masusukat, at ang mga patibayan ng lupa ay masisiyasat sa ilalim, Akin ngang ihahagis ang buong lahi ng Israel dahil sa lahat nilang nagawa, sabi ng Panginoon." Jeremias 31:35-37. Itinuring ng mga Hudyo na ang pagbubuhat nila sa lahi ni Abraham ay nagbibigay sa kanila ng karapatang maangkin ang pangakong ito. Nguni't kinaligtaan nilang isipin ang mga kondisyong tinukoy ng Diyos. Bago ibinigay ang pangako, ay sinabi Niya, "Aking itatala ang Aking kautusan sa kanilang kalooban, at aking isusulat sa kanilang puso; at Ako'y magiging kanilang Diyos, at sila'y magiging Aking bayan. ... Sapagka't aking ipatatawad ang kanilang kasamaan, at ang kanilang kasalanan ay hindi Ko na aalalahanin." Jeremias 31:33, 34.

Ang paglingap ng Diyos ay tiyak na maaasahan ng mga taong kinasusulatan sa puso ng Kaniyang kautusan. Sila'y rnga kaisa

Niya. Datapwa't ang mga Hudyo ay nagsihi-walay sa Diyos. Dahil sa kanilang mga kasalanan ay nangagtitiis sila ng Kaniyang mga hatol. Ito ang sanhi kaya sila'y nangaging alipin ng bansang hindi nakakakilala sa Diyos. Pinadilim ng pagsalansang ang kanilang mga
[123] isip, at palibhasa'y pinagpakitaan sila ng Panginoon ng napakalaking paglingap nang mga panahong nagdaan, kaya itinuring nilang hindi masama ang kanilang ginawa. Ipinagyabang nilang sila'y lalong mabuti kaysa ibang mga tao, at sila'y karapat-dapat sa Kaniyang mga pagpapala.

Ang mga bagay na ito ay "nangasulat sa pagpapaalaala sa atin, na mga dinatnan ng katapusan ng mga panahon." 1 Corinto 10:11. Anong dalas na pinagkakamalan natin ang mga pagpapala ng Diyos, at ipinagyayabang nating tayo'y nililingap Niya dahil sa tayo'y mabubuti! Dahil dito'y hindi tuloy magawa ng Diyos sa atin ang talagang ibig Niyang gawin. Ang mga ibinibigay o mga kaloob Niya ay ginagamit natin sa pagpaparami ng pagbibigay-kasiyahan sa ating mga sarili, at sa pagpapatigas ng ating mga puso sa di-paniniwala at pagkakasala.

Sinabi ni Juan sa mga guro ng Israel na ang kanilang kayabangan, kasakiman, at kalupitan ay nagpakilalang sila'y isang lahi ng mga ulupong, isang nakamamatay na sumpa sa mga tao, at hindi sila mga anak ng banal at masunuring si Abraham. Dahil sa liwanag na tinanggap nila sa Diyos, ay higit silang masama kaysa mga taong di-nakakakilala sa tunay na Diyos, mga taong itinuring nilang mababa ang kalagayan kaysa kanila. Nalimot nila ang batong pinagtabasan sa kanila, at ang hukay na sa kanila'y pinagkunan. Hindi umasa ang Diyos sa kanila na sila ang tutupad sa Kaniyang panukala. Kung paanong tinawag Niya si Abraham mula sa mga taong pagano, gayundin naman makatatawag Siya ng mga iba upang maglingkod sa Kaniya. Maaaring ang mga puso nila ngayon ay walang kabuhay-buhay sa pangmalas na tulad ng mga bato sa ilang, subali't kaya ng Kaniyang Espiritu na buhayin iyon upang tupdin ang Kaniyang kalooban, at tanggapin ang katuparan ng Kaniyang pangako.

"At ngayon din naman," anang propeta, "ang palakol ay nakaumang sa ugat ng mga punungkahoy: bawa't punungkahoy nga na
[124] hindi nagbubunga nang mabuti ay pinuputol, at inihahagis sa apoy." Ang halaga ng punungkahoy ay hindi nakikilala sa pangalan, kundi sa bunga nito. Kung ang bunga ay di-pinakikinabangan, ang pan-

galan nito ay hindi makapagliligtas sa punungkahoy sa pagkapuksa. Sinabi ni Juan sa mga Hudyo na ang katayuan nila sa harap ng Diyos ay hahatulan ng ayon sa kanilang likas at kabuhayan. Ang pagpapanggap ay walang-kabuluhan. Kung ang kanilang buhay at likas ay hindi naaayon sa kautusan ng Diyos, ay hindi Niya sila bayan.

Sa kaniyang nananaliksik na mga pangungusap, ay nasumbatan ang mga nakikinig. Nagsilapit sila sa kaniya na taglay ang katanungang, "Ano nga ang gagawin namin?" Siya'y sumagot, "Ang may dalawang kasuutan, ay magbigay doon sa wala; at ang may pagkain, ay gayundin ang gawin." At binabalaan niya ang mga maniningil ng buwis laban sa pagiging di-makatarungan, at ang mga kawal naman ay laban sa paggawa ng karahasan.

Lahat ng mga napasakop sa kaharian ni Kristo, wika niya, ay dapat magpakita ng kanilang pananampalataya at pagsisisi. Ang kabaitan, katapatan, at pananampalataya ay makikita sa kanilang kabuhayan. Mangaglilingkod sila sa mga nangangailangan, at mangagdadala ng kanilang mga handog sa Diyos. Ipagsasanggalang nila ang mga kaawa-awa, at ipakikita nilang sila'y uliran sa kabaitan at kahabagan. Sa ganyan ipakikita ng mga sumusunod kay Kristo na ang Espiritu Santo ay may kapangyarihang bumago ng kabuhayan. Sa pangaraw-araw na kabuhayan ay mahahayag ang katarungan, kahabagan, at pag-ibig ng Diyos. Kung hindi gayon ay matutulad lamang sila sa ipa na ipinalalamon sa apoy.

"Sa katotohanan ay binibinyagan ko kayo sa tubig sa pagsisisi," wika ni Juan; "nguni't Siyang dumarating na kasunod ko ay lalong makapangyarihan kaysa akin, na ako'y di-karapat-dapat magdala ng
Kaniyang mga panyapak: Siya ang magbibinyag sa inyo sa Espiritu [125]
Santo at sa apoy." Mateo 3:11, R.V. Si propeta Isaias ang nagsabi na lilinisin ng Panginoon ang Kaniyang bayan sa kanilang mga kalikuan "sa pamamagitan ng bisa ng kahatulan, at sa pamamagitan ng bisa ng pagniningas." Ang sinalita ng Panginoon sa Israel ay, "Aking ibabalik ang Aking kamay sa iyo, at Aking lilinising lubos ang naging dumi mo, at aalisin Ko ang lahat mong tingga." Isaias 4:4; 1:25. "Ang ating Diyos ay isang apoy na mamumugnaw" ng kasalanan, saanman ito naroroon. Hebreo 12:29. Ang Espiritu ng Diyos ang susupok ng kasalanan ng sinumang sumusuko sa Kaniyang kapangyarihan. Nguni't kung nangungunyapit ang mga tao sa kasalanan, ay nagiging

kasama sila nito. Kaya't ang kaluwalhatian ng Diyos na lumilipol sa kasalanan, ay siya ring lilipol sa kanila. Si Jacob, pagkaraan ng magdamag na pakikipagbuno sa Anghel, ay napabulalas, "Nakita ko ang Diyos nang mukhaan, at naligtas ang aking buhay." Genesis 32:30. Nakagawa si Jacob ng isang malaking pagkakasala sa ipinakitungo niya kay Esau; nguni't siya'y nagsisi na. Ipinatawad na ang kaniyang pagsalansang, at nilinis na ang kaniyang kasalanan; kaya't natagalan niya ang paki kiharap ng Diyos. Datapwa't kailanma't lumapit ang tao sa Diyos samantalang may inaarugang kasamaan, ay sila'y nalipol. Sa ikalawang pagdating ni Kristo ay mangasusupok ang masasama "sa pamamagitan ng Hininga ng Kaniyang bibig," at sila'y lilipulin "sa pamamagitan ng pagkahayag ng Kaniyang pagparito." 2 Tesaloniea 2:8. Ang liwanag ng kaluwalhatian ng Diyos, na nagbibigay ng buhay sa mga matwid, ay pupuksa sa masasama.

Noong panahon ni Juan Bautista, ay malapit nang pakita si Kristo bilang tagapaghayag ng likas ng Diyos. Ang talagang pakikiharap Niya ay sapat nang maghayag sa mga tao ng kanilang kasalanan. Tanging kung sila lamang ay kusang magpapalinis ng kanilang
[126] kasalanan ay saka sila makapapasok sa pakikisama sa Kaniya. Ang may malinis na puso lamang ang makapananatili sa harap Niya.

Ganyan ang pabalitang ipinahayag ng Mamiminyag sa Israel. Marami ang nagsipaniwala sa kaniyang turo. Marami ang nagsakripisyo ng lahat upang makasunod lamang. Sinundan ng karamihan ang bagong tagapagturong ito sa lahat ng lugar, at hindi iilan ang umasang siya na sana ang Mesiyas. Datapwa't nang makita ni Juan na sa kaniya bumabaling ang mga tao, ay sinikap niyang sa bawa't pagkakataon ay maituon ang kanilang pananam-palataya sa Isa na
[127] dumarating.

# Kabanata 11—Ang Pagbibinyag

Ang kabanatang ito ay batay sa Mateo 3:13-17: Marcos 1:9-11; Lukas 3:21, 22.

Lumaganap sa buong Galilea ang mga balitang may propetang nasa ilang na may kahanga-hangang ipinapahayag. Umabot ang balita sa mga tagabukid na nasa kalayu-layuang mabuburol na nayon, at sa mga mangingisdang nasa tabi ng dagat, at sa mga karaniwang taong ito, na may mga tapat na puso ay nakasumpong ng pinakatunay na pagtugon. Umabot ito sa Nazarethisa pagawaan ni Jose, at may Isa roong nakarinig at nakakilala sa panawagan. Dumating na ang Kaniyang panahon. Pagkaiwan Niya sa Kaniyang pang-araw-araw na gawain, ay nagpaalam Siya sa Kaniyang ina, at sumunod sa mga kababayan Niyang humuhugos ng pagtungo sa Jordan.

Si Jesus at si Juan ay magpinsan, at magkahawig din ang mga pangyayaring nauukol sa pagkapanganak sa kanila; gayunma'y hindi pa sila mukhaang nagkakakilala. Si Jesus ay lumaki sa Nasaret ng Galilea; si Juan naman ay sa ilang ng Judea. Nabuhay silang magkabukod at tahimik, na nasa gitna ng lubhang magkaibang mga kapaligiran, at hindi nagkakabalitaan sa isa't isa. Ito ay sadyang itinalaga ng Diyos. Hindi dapat magkaroon ng anumang pagkakataon na bumangon ang anumang bintang o hinala na sila'y nagsabuwatan upang katigan ang mga inaangkin ng isa't isa sa kanila. [128]

Talastas ni Juan ang mga bagay na nangyari noong ipanganak si Jesus. Nabalitaan niya ang pagdalaw Nito sa Jerusalem noong Ito ay bata pa, at pati ang nangyari sa loob ng paaralan ng mga rabi. Batid niya ang walang-bahid-kasalanang buhay Nito, at siya'y naniwalang Ito nga ang Mesiyas; lamang ay wala siyang tiyak na katunayan. Ang pangyayaring si Jesus ay malaong nakubli, na hindi nagpakita ng tanging katunayang Siya ay may misyon, ay lumikha ng alinlangang baka hindi Siya ang Ipinangakong Mesiyas. Datapwa't may pananampalatayang naghintay si Juan, na naniniwalang balang araw ay ihahayag ng Diyos ang lahat nang alinsunod sa Kaniyang

mabuting kalooban. Inihayag sa kaniya ng Espiritu na pabibinyag sa kaniya ang Mesiyas, at isang tanda ng banal na likas Nito ang ibibigay sa kaniya. Sa gayon ay maipakikilala niya Ito sa mga tao.

Nang lumapit na si Jesus upang pabinyag, nakilala agad ni Juan na Ito ay may dalisay na likas na di-kailanman niya nakita sa kaninumang tao. Ang mismong impluwensiya ng pagiging-naroroon Nito ay banal at naguudyok ng pangingimi't pamimitagan. Sa gitna ng maraming taong dumagsa kay Juan sa Jordan, ay narinig niya ang masasamang balita ng krimen, at may nakausap din siya na mga taong hukot na sa bigat ng pinapasang dimabilang na mga kasalanan; nguni't hinding-hindi pa siya nakakakita ng taong parang may gayuma o impluwensiya ng kabanalan. Ang lahat ng mga bagay na ito ay katugma ng mga inihayag kay Juan tungkol sa Mesiyas. Gayon pa ma'y natigilan siya sa hinihiling ni Jesus. Siya, na isang makasalanan, ay paano nga makapagbibinyag sa Isang Walang-kasalanan? At bakit nga Itong hindi nangangailangan ng pagsisisi ay paiilalim sa isang rito na ang ibig sabihin ay pagkukumpisal at paghuhugas ng kasalanan?

Nang hilingin ni Jesus na Siya ay binyagan, ay napaurong si
[129] Juan, at napabulalas, "Ako nga ang kailangang mabinyagan Mo, at
[130] Ikaw ang naparirito sa akin?" Matatag nguni't mabanayad ang sagot
ni Jesus, "Payagan mo ngayon, sapagka't iyan ang kailangan sa ating
pagtupad ng buong katwiran." Nang magkagayo'y sumang-ayon si
Juan, at inakay niya ang Tagapagligtas sa paglusong sa Jordan, at
doo'y inilubog niya Ito sa tubig. "At karakarakang makaahon" si
Jesus "sa tubig, ay nakita Niyang nabuksan ang mga langit, at ang
Espiritu ng Diyos ay bumababa sa Kaniya na tulad sa isang kalapati."

Si Jesus ay hindi tumanggap ng binyag nang dahil sa inaamin Niyang Siya ay makasalanan. Nakitulad Siya sa mga makasalanan, na ginawa ang mga hakbang na dapat nating gawin, at ginanap ang gawaing kailangan nating gawin. Ang matiisin Niyang kabuhayan pagkatapos na Siya'y mabinyagan ay isa ring halimbawa sa atin.

Nang makaahon na si Jesus sa tubig, ay lumuhod Siya sa may pampang at nanalangin. Isang bago at mahalagang panahon ang napapaharap sa Kaniya. Nakabungad na Siya ngayon sa lalong malawak na pakikitunggali. Bagaman Siya ay Prinsipe ng Kapayapaan, ang pagdating Niya ay natutulad sa pagbunot ng isang tabak. Ang kahariang itatatag Niya sa Kaniyang pagparito ay katuwas ng

inaasahan ng mga Hudyo. Siya na kinasasa-ligan ng rituwal at kabuhayan ng Israel ay ituturing na kaaway at maninira. Siya na nagpahayag ng kautusan doon sa bundok ng Sinai ay hahatulang isang mananalansang. Siya na naparito upang sirain ang kapangyarihan ni Satanas ay tutuligsaing Beelzebub. Wala isa mang tao sa lupa na nakaunawa sa Kaniya, at sa panahon ng Kaniyang ministeryo ay kinailangan pa rin Niyang lumakad na mag-isa. Ang Kaniyang layunin ng pagparito ay hindi naunawaan ng Kaniyang ina at ng Kaniyang mga kapatid. Ang mga alagad man Niya ay hindi rin nakaunawa sa Kaniya. Tumahan Siya sa walang-hanggang liwanag, na kasama-sama ng Diyos, subali't ang buhay Niya sa lupa ay gugugulin sa pag-iisa. [131]

Palibhasa'y nakiisa Siya sa atin, dapat Niyang pasanin ang bigat ng ating kasalanan at kahirapan. Dapat maramdaman ng Isang Di-nagkasala ang kahihiyan ng kasalanan. Ang maibigin sa kapayapaan ay dapat mamalaging kasama-sama ng kaimbihan. Bawa't kasalanan, bawa't pagtatalo, bawa't marungis na pitang bunga ng pagsalansang, ay mga pasakit sa Kaniyang diwa.

Mag-isa Siyang lalakad; mag-isa Siyang papasan. Siyang naghubad ng kaluwalhatian at tumanggap ng kahinaan ng tao ay sa Kaniya nakasalalay ang katubusan ng sanlibutan. Kaniyang nakita at naramdaman ang lahat, nguni't nanatiling matibay ang Kaniyang pasiya. Sa Kaniyang bisig napasalig ang kaligtasan ng sangkatauhang nagkasala, at iniunat Niya ang Kaniyang kamay upang hawakan ang kamay ng Makapangyarihang Pag-ibig.

Parang naglalagos hanggang langit ang paningin ng Tagapagligtas habang ibinubuhos Niya ang Kaniyang diwa sa pananalangin. Alam na alam Niyang pinatigas ng kasalanan ang puso ng mga tao, at mahirap na makilala nila ang layon Niya sa pagparito, at tanggapin ang alok Niyang kaligtasan. Namanhik Siya sa Ama na Siya'y bigyan ng kapangyarihan na madaig Niya ang kanilang dipaniniwala, na malansag Niya ang mga tanikalang iginapos ni Satanas sa kanila, at tuloy magapi Niya ang manlilipol sa kapakinabangan ng mga tao. Hiningi Niyang bigyan Siya ng Diyos ng tanda na tinatanggap nga Niya ang mga tao sa persona ng Kaniyang Anak.

Wala pa kailanmang narinig ang mga anghel na gayong panalangin nang una. Ikinaliligaya nilang ihatid sa mahal nilang Pinuno ang nakaaaliw na sagot na Siya ay dinirinig. Nguni't hindi; ang

Ama na rin ang sasagot sa panalangin ng Kaniyang Anak. Buhat sa luklukan ay tuwirang naglagos hanggang lupa ang mga sinag ng Kaniyang kaluwalhatian. Nabuksan ang kalangitan, at luma-
[132] pag sa ulo ng Tagapagligtas ang isang anyo ng kalapati na walang kasimputi—naaangkop na sagisag ng maamo at mapagpakumbabang Manunubos.

Bukod kay Juan ay iilan sa makapal na pulutong na nagkakatipon sa Jordan ang nakatanaw sa panooring buhat sa langit. Gayon pa ma'y isang banal na katahimikan ang naghari sa makapal na pulutong. Tahimik ang mga taong nakatitig kay Kristo. Ang katawan Niya ay naliligo sa liwanag na lagi nang nakaligid sa luklukan ng Diyos. Ang nakatingala Niyang mukha ay nagliwanag sa kaluwalhatiang hindi pa kailanman nakita nang una sa mukha ng tao. Buhat sa nakabukas na kalangitan ay narinig ang isang tinig na nagsasabi, "Ito ang sinisinta Kong Anak, na Siya Kong kinalulugdan."

Ang mga salitang ito ng patotoo ay sinabi upang makapag-udyok ng pananampalataya sa mga nakakita sa panoorin, at upang makapagpalakas ng loob ng Tagapagligtas sa Kaniyang misyon o layunin. Bagama't napapataw kay Kristo ang mga kasalanan ng sanlibutang salarin, bagama't itinuring Siyang hamak dahil sa ibinihis Niya sa Kaniyang sarili ang ating likas na makasalanan, gayunma'y itinanyag ng tinig na buhat sa langit na Siya nga ay Anak ng Diyos na Walang-hanggan.

Nabagbag ang loob ni Juan nang mamasdan niya si Jesus na nakaluhod na tulad sa isang nakikiusap, at may luhang namamanhik para sa pagtanggap ng Ama. Nang mabalot si Jesus ng kaluwalhatian ng Diyos, at marinig ang tinig na buhat sa langit, ay nakilala ni Juan ang tandang ipinangako ng Diyos. Napagkilala niyang ang kaniyang bininyagan ay siya ngang Manunubos ng sanlibutan. Noon din ay kinasihan siya ng Espiritu Santo, at nakaunat ang kamay na itinuro si Jesus, at sinabi, "Narito ang Kordero ng Diyos, na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan."

Sinuman sa mga nakikinig, kahit ang nagsalita man, ay hindi nakataho ng kahulugan ng mga sa'-itang, "ang Kordero ng Diyos."
[133] Doon sa bundok ng Moria ay narinig ni Abraham ang tanong ng kaniyang anak, "Ama ko, ... saan naroon ang korderong pinakahandog na susunugin?" Sumagot ang ama, "Anak ko, Diyos ang maghahanda ng korderong pinakahandog na susunugin." Genesis

22:7, 8. At ang korderong itinalaga ng Diyos na kahalili ni Isaae, ay napagkilala ni Abraham na isang sagisag Niyaong balang araw ay mamamatay dahil sa mga kasalanan ng mga tao. Sa pamamagitan ni Isaias, ay ipinagpauna ng Espiritu Santo, "na ang Tagapagligtas ay gaya ng kordero na dinadala sa patayan," "at ipinasan sa Kaniya ng Panginoon ang kasamaan nating lahat" (Isaias 53:7, 6); datapwa't hindi naunawaan ng Israel ang aral. Ang palagay ng marami sa kanila sa mga paghahandog ay gaya rin ng palagay ng ibang mga bansa sa kanilang mga handog—gaya ng mga handog na pampalubag-loob sa Diyos. Ibig ituro ng Diyos sa kanila na buhat sa sarili Niyang pag-ibig ay nagmumula ang kaloob na ipinakikipagkasundo sila sa Kaniya.

At ang pangungusap na sinalita kay Jesus sa Jordan na, "Ito ang sinisinta Kong Anak, na Siya Kong kinalulugdan," ay sumasaklaw sa buong sangkatauhan. Nagsalita ang Diyos kay Jesus bilang ating kinatawan. Bagama't dala natin ang lahat nating mga kasalanan at kahinaan, ay hindi rin tayo itinatakwil na tulad sa mga walang-halaga. "Tayo ay mga pinapagindapat Niya sa Minamahal." Efeso 1:6. Ang kaluwalhatiang lumukob kay Kristo ay isang pangako ng pag-ibig ng Diyos sa atin. Sinasabi nito na makapangyarihan ang panalangin—kung paanong ang tinig ng tao ay aabot sa pandinig ng Diyos at ang mga kahilingan natin ay mamarapatin sa luklukan ng kalangitan. Dahil sa kasalanan, ay napahiwalay ang lupa sa langit, at nalagot ang pag-uunawaan; subali't iniugnay uli ito ni Jesus sa sangkalangitang maluwalhati. Ang Kaniyang pag-ibig ang yumakap sa tao, at umabot sa kataas-taasang langit. Ang liwanag na lumabas sa pintuan ng langit at lumapag sa ulo ng ating Tagapagligtas ay siya [134] ring lalapag sa atin pagka tayo'y dumadalangin na napatutulong sa paglaban sa tukso. Ang tinig na nagsalita kay Juan ay nagsasalita rin sa bawa't taong sumasampalataya, Ito ang pinakamamahal Kong anak, na Aking kinalulugdan.

"Mga minamahal, ngayon ay mga anak tayo ng Diyos, at hindi pa nahahayag kung magiging ano tayo: nalalaman natin, na kung Siya'y mahayag, tayo'y magiging katulad Niya; sapagka't Siya'y ating makikitang gaya ng Kaniyang sarili." 1 Juan 3:2. Binuksan ng ating Manunubos ang daan upang ang kasama-samang makasalanan, ang lubhang nangangailangan, ang lalong pinahihirapan at hinahamak, ay mangyaring makalapit sa Ama. Lahat ay maaaring magkaroon

ng tahanan sa mga palasyong inihahanda ni Jesus. “Ang mga bagay na ito ay sinasabi Niyaong banal, Niyaong totoo, Niyaong may susi ni David, Niyaong nagbubukas at di-mailalapat ng sinuman; at naglalapat at di-maibubukas ng sinuman; ... narito, inilalagay Ko sa harapan mo ang isang pintuang bukas, na di-mailalapat ng sinuman.”
[135] Apocalipsis 3:7, 8.

## Kabanata 12—Ang Pagtukso

Ang kabanalang ito ay batay sa Mateo 11:1-11; Marcos 1:12, 13; Lukas 4:1-13.

"At si Jesus na puspos ng Espiritu Santo, ay bumalik mula sa Jordan, at inihatid ng Espiritu sa ilang." Lalong makahulugan ang pangungusap ni Marcos. Sinasabi niyang, "Pagdaka'y itinaboy Siya ng Espiritu sa ilang. At Siya'y nasa ilang na apatnapung araw, na tinutukso ni Satanas; at kasama Siya ng mga ganid na hayop." "At hindi Siya kumain ng anuman nang mga araw na yaon."

Nang si Jesus ay ihatid sa ilang upang doo'y tuksuhin, ang naghatid sa Kaniya ay ang Espiritu ng Diyos. Hindi Niya inanyayahan ang tukso. Nagtungo Siya sa ilang upang magbulay ng Kaniyang misyon at gawain. Sa pamamagitan ng ayuno at panalangin ay patatatagin Niya ang Kaniyang sariling loob upang malakaran Niya ang landas na tigmak sa dugo. Datapwa't alam ni Satanas na naparoon sa ilang ang Tagapagligtas, at inakala niyang ito ang pinakamabuting panahong dapat Siyang lapitan.

Mga dakilang suliranin para sa sanlibutan ang natataya sa labanang ito ng Prinsipe ng kaliwanagan at ng pinuno ng kaharian ng kadiliman. Nang maihulog na ni Satanas ang tao sa pagkakasala, ay inangkin na niyang kaniya ang sanlibutang ito, at binansagan niya ang sarili na prinsipe ng sanlibutang ito. Nang ang likas ng ama at ina ng ating lahi ay maitulad na niya sa likas niyang makasalanan, [136]
ay inisip niyang itatag dito sa lupa ang kaniyang kaharian. Ibinalita niyang siya ang pinili ng mga tao na pinuno nila. Sa pamamagitan ng pagsupil niya sa mga tao, ay napagpunuan niya ang buong sanlibutan. Naparito si Kristo upang pabulaanan ang ipina-mamarali ni Satanas. Sa pagiging Anak ng tao, si Kristo ay titindig na tapat sa Diyos. Sa gayon ay maipakikilala na hindi lubos ang pagkakasupil ni Satanas sa sangkatauhan, at mapabubulaanan ang ibinabantog niya sa sanlibutan. Lahat ng may ibig makawala sa kaniyang ka-

pangyarihan ay makalalaya. Ang pagpupunong iniwala ni Adan dahil sa pagkakasala ay mababawi.

Buhat nang sabihin sa ahas doon sa Eden na, "Papagaalitin Ko ikaw at ang babae, at ang iyong binhi at ang kaniyang binhi" (Genesis 3:15), ay naalaman na ni Satanas na hindi niya lubos na hawak ang sanlibutan. May nakitang kapangyarihang gumagawa sa mga tao, na sumasalungat sa kaniyang pamumuno. Minasdan niyang may masidhing pananabik ang mga paghahandog ni Adan at ng mga anak nito. Sa mga paghahandog na ito ay natanaw niya ang isang sagisag ng pag-uusap ng lupa at ng langit. Sinikap niyang putulin ang pag-uusap na ito. Pinasama niya ang pagkakilala sa Diyos, at binigyan ng maling kahulugan ang mga ritos na ang itinuturo ay ang Tagapagligtas. Naakay niya ang mga taong matakot sa Diyos bilang isa na natutuwang sila'y ipahamak. Ang mga haing dapat sanang maghayag ng pag-ibig ng Diyos ay inihandog lamang upang papaglubagin ang Kaniyang galit. Ginigising ni Satanas ang masasamang damdamin ng mga tao, upang mapatibay ang pamumuno niya sa kanila. Nang ibigay ang nakasulat na salita ng Diyos, ay pinag-aralan ni Satanas ang mga hulang tumutukoy sa pagdating ng Tagapagligtas. Sa lahat ng sali't saling lahi ay sinikap niyang bulagin ang isip ng mga tao sa mga hulang ito, upang tanggihan nila si Kristo pagdating Niya.

[137] Nang ipanganak na si Jesus, ay napag-alaman ni Satanas na ito na nga ang Isa na tinagubilinan ng Diyos na makipagpunyagi laban sa kaniyang pamumuno. Kinilabutan siya sa pasabi ng anghel na nagpapatunay sa kapangyarihan ng bagong kasisilang na Hari. Alam na alam ni Satanas ang katungkulang ginampanan ni Kristo doon sa langit bilang Pinakamahal ng Ama. Ang pagpanaog ng Anak ng Diyos sa lupang ito na nasa anyong tao ay pumuno sa kaniyang puso ng pagtataka at pagaalaala. Hindi niya matarok ang hiwaga ng malaking sakripisyong ito. Hindi maubos-isipin ng kaniyang sakim na diwa ang gayong pag-ibig sa mga taong nadaya niya. Ang kaluwalhatian at kapayapaan ng langit, at ang ligaya ng pakikipag-usap sa Diyos, ay bahagya lamang natata-tap ng mga tao; nguni't ito'y alam na alam ni Lucifer, ang kerubing tumatakip. Sapagka't pinalayas siya sa langit, ipinasiya niyang papagkasalahin din ang iba upang makapaghiganti. At ito'y magagawa niya, kung maipakikilala

niya sa kanila na hindi mahalaga ang mga bagay ng langit, kundi ang mahalagang dapat nasain ng puso ay ang mga bagay sa lupa.

Ang Prinsipe ng langit ay hindi makahihikayat ng mga kaluluwa ng mga tao sa Kaniyang kaharian nang pagayun-gayon lamang. Buhat sa pagiging sanggol Niya sa Bethlehem, ay wala nang puknat ang pagsalakay sa Kaniya ng diyablo. Sapagka't ang larawan ng Diyos ay na kay Kristo, kaya sa kapulungan ni Satanas ay pinagkasunduang Siya ay pilit na daigin. Wala pang taong inianak sa lupa na nakaligtas sa kapangyarihan ng magdaraya. Iniumang ng diyablo ang buo nitong hukbo sa da-daanan ni Kristo upang bakahin Siya, at kung mangyayari ay gapiin Siya.

Si Satanas ay isa sa mga nanonood nang binyagan ang Tagapagligtas. Nakita niya ang kaluwalhatian ng Ama na lumukob sa Kaniyang Anak. Narinig niya ang tinig ni Jehova na nagpatunay na si Jesus ay Diyos. Buhat nang magkasala si Adan, ay naputol na ang tuwirang pakikipagusap ng tao sa Diyos; ang pag-uusap ng langit [138]
at lupa ay sa pamamagitan na ni Kristo; nguni't ngayong dumating na si Kristo "sa anyo ng taong salarin" (Roma 8:3), ay sarili na ng Ama ang nagsalita. Nang una'y nakipag-usap Siya sa sangkatauhan sa pamamagitan ni Kristo; ngayon nama'y nakipag-usap Siya sa sangkatauhan kay Kristo. Inasahan ni Satanas na ang pagkasuklam ng Diyos sa masama ay maghahatid ng walang-hanggang paghihiwalay ng langit at ng lupa. Datapwa't ngayon ay nahayag na nabalik na ang ugnayan ng Diyos at ng tao.

Napagkilala ni Satanas na kailangang siya ang manalo o kung dili siya ang matatalo. Napakaseselan ng mga suliraning nakataya na hindi niya maaaring ipagkatiwala ito sa mga anghel na kampon niya. Siya ang kailangang mamuno sa labanan. Tinipon niya ang lahat ng mga anghel na naghimagsik upang ilaban sa Anak ng Diyos. Si Kristo ang ginawa niyang tudlaan ng bawa't sandata ng impiyerno.

Sa tingin ng marami ang labanang ito ni Kristo at ni Satanas ay walang tanging kinalaman sa sarili nilang buhay; at sa ganang kanila ay wala itong halaga. Datapwa't sa loob ng puso ng bawa't tao ay inuulit ang labanang ito. Walang sinumang umaalis sa mga kasamahan ng diyablo upang maglingkod sa Diyos na di-sinasagupa ng mga pagsalakay ni Satanas. Ang mga tuksong pinakipagpunyagian ni Kristo ay nasusumpungan nating napakahirap paglabanan. Ang mga tuksong yaon ay ipinilit sa Kaniya nang lalong malakas

palibhasa'y lalong nakahihigit ang likas Niya kaysa atin. Bagama't kakila-kilabot ang bigat ng nakapasan sa Kaniyang mga kasalanan ng sanlibutan, ay nakaya rin ni Kristo ang pagsubok sa pagkain, sa pag-ibig sa sanlibutan, at sa pag-ibig sa karangyaan o pagkatanghal na nauuwi sa kayabangan. Ito ang mga tuksong dumaig kay Adan at kay Eba, at siya ring madaling dumadaig sa atin.

[139] Itinuro ni Satanas na ang kasalanan ni Adan ay nagpapatunay na ang kautusan ng Diyos ay hindi makatarungan, at hindi masusunod. Nasa anyo nating tao, si Kristo ang tutubos sa pagkatalo ni Adan. Nguni't nang si Adan ay salakayin ng manunukso, ay wala pa siyang isa mang bakas ng kasalanan. Nasa kalakasan siya ng sakdal ng pagkatao, na taglay ang buong lusog ng isip at katawan. Naliligid siya ng mga karilagan ng Eden, at araw-araw ay nakikipag-usap sa mga anghel ng langit. Datapwa't hindi ganyan si Jesus noong Siya ay pumasok sa ilang upang makilaban kay Satanas. Sa loob ng apat na libong taon ay patuloy na humina ang katawan, ang isip, at ang moral ng tao; at dinala ni Kristo ang mga kahinaan ng makasalanang sangkatauhan. Sa ganyang paraan lamang mahahango Niya ang tao sa lusak ng kadustaan.

Marami ang nagsasabing si Kristo ay hindi maaaring madaig ng tukso. Kung iyan ang totoo ay hindi sana Siya naaring humalili sa lugar ni Adan; hindi sana Niya nakamtan ang tagumpay na kinabiguang tamuhin ni Adan. Kung ang tukso sa atin ay higit na mahigpit kaysa dumating kay Kristo, kung gayon ay hindi Niya tayo masasaklolohan. Datapwa't tinaglay ng Tagapagligtas ang anyo ng tao, pati ng lahat ng mga kahinaan nito. Tinaglay Niya ang likas ng tao, pati ng hilig nitong sumuko sa tukso. Wala tayong titiisin na hindi Niya tiniis.

Sa ganang kay Kristo, tulad din sa unang banal na mag-aasawa sa Eden, ang gana sa pagkain ay siyang larangan ng unang malaking tukso. Kung saan nagpasimula ang pagkahulog sa pagkakasala, ay doon dapat magpasimula ang gawain ng pagtubos sa atin. Kung paanong dahil sa pagpapairog sa gana sa pagkain ay dapat magwagi si Kristo. "At nang Siya'y makapag-ayuno nang apatnapung araw at apatnapung gabi, ay nagutom Siya. At ang manunukso ay dumating at nagsabi sa Kaniya, Kung Ikaw ang Anak ng Diyos, ay ipag-utos Mo na ang mga batong ito ay maging mga tinapay. Datapwa't Siya'y
[140] sumagot at nagsabi, Nasusulat, Hindi sa tinapay lamang mabubuhay

ang tao, kundi sa bawa't salitang lumalabas sa bibig ng Diyos."

Buhat sa panahon ni Adan hanggang sa panahon ni Kristo, ay pinasidhi ng pagpapairog sa sarili ang kapang-yarihan ng gana sa pagkain at ng mga pita ng damdamin, hanggang sa ito'y halos hindi na makayang pigilin. Kaya nga ang mga tao'y naging hamak at masasaktin, at sa kanilang mga sarili ay hindi nila kayang magwagi. Nguni't si Kristo ay nagwagi para sa tao sa pamamagitan ng pagbabata Niya ng pinakamahigpit na tukso. Alang-slang sa atin ay gumamit Siya ng pagpipigil na higit na makapangyarihan kaysa gutom o kamatayan. At sa unang tagumpay na ito ay napapaloob ang iba pang mga suliraning kinabibilangan ng lahat nating mga pakikilaban sa mga kapangyarihan ng kadiliman.

Nang pumasok si Jesus sa ilang, ay nalulukuban Siya ng kaluwalhatian ng Ama. Palibhasa'y buhos na buhos ang pakikipag-usap Niya sa Diyos, ay napaangat Siya sa ibabaw ng kahinaan ng tao. Datapwa't lumisan ang kaluwalhatian, at Siya'y naiwang nag-iisa upang makilaban sa tukso. Tumitindi ito sa Kaniya sa bawa't sandali. Ang likas ng Kaniyang pagkatao ay nanliit sa labanang naghihintay sa Kaniya. Sa loob ng apatnapung araw ay Siya'y nag-ayuno at nanalangin. Nanghihina at namamayat dahil sa gutom, lupaypay at nanlalambot dahil sa pag-aalaala, "ang Kaniyang mukha ay napakakatuwa kaysa kaninumang lalaki, at ang Kaniyang anyo ay lalong kumatuwa kaysa kaninuman sa mga anak ng mga tao." Isaias 52:14. Ngayon ang pagkakataon ni Satanas. Inakala niyang madadaig na niya ngayon si Kristo.

Parang sagot sa mga panalangin ng Tagapagligtas, ay may dumating na isang nasa wangis ng isang anghel na buhat sa langit. Sinabi nitong may bilin sa kaniya ang Diyos na tapusin na ni Kristo ang Kaniyang pag-aayuno. Kung paanong inutusan ng Diyos ang isang anghel upang pigilin ang kamay ni Abraham sa paghahandog kay Isaac, gayundin naman ang Ama ay nagsugo ng anghel upang [141]
pigilin Siya, yamang nasisiyahan sa pagiging-handa ni Kristo na pumasok sa landas na tigmak sa dugo; ito ang pasabing dinala kay Jesus. Namumutla sa gutom ang Tagapagligtas, at sabik na sabik Siya sa pagkain, nang biglang-biglang lumapit sa Kaniya si Satanas. Itinuro ng manunukso ang mga batong nagkalat sa ilang, na mga itsurang tinapay, at saka ito nagwika, "Kung Ikaw ay Anak ng Diyos, ay ipag-utos Mo na ang mga batong ito ay maging mga tinapay."

Bagaman siya'y napakitang gaya ng isang anghel ng kaliwanagan, gayunma'y ipinagkanulo ng mga unang salitang ito ang kaniyang likas. "Kung Ikaw ay Anak ng Diyos." Narito ang tusong mungkahi ng pag-aalinlangan. Kung gagawin ni Jesus ang iminumungkahi ni Satanas, iyon ay magiging pagtanggap sa alinlangan. Binabalak ng manunuksong daigin si Kristo sa paraang katulad din ng ginawa niya sa mag-asawa noong pasimula. Napakatuso ni Satanas nang lapitan niya si Eba doon sa Eden! "Tunay bang sinabi ng Diyos, Huwag kayong kakain ng bunga ng alinmang punungkahoy sa halamanan?" Genesis 3:1. Hanggang doo'y tama ang mga salita ng manunukso; subali't sa paraan ng kaniyang pagkakapagsabi niyon ay naroon ang lihim niyang pagkamuhi o paghamak sa mga salita ng Diyos. May nakapaloob doong tutol, may natatagong alinlangan sa banal na katotohanan. Sa isip ni Eba ay pinagsikapang ipasok ni Satanas ang kaisipan na hindi gagawin ng Diyos ang gaya ng Kaniyang sinabi; sapagka't ang pagkakait ng gayong napakagandang bunga ay kalaban ng Kaniyang pag-ibig at pagmamahal sa tao. Ganyan din sinisikap ngayon ng manunukso na ipasok sa loob ni Kristo ang sarili niyang tutol at alinlangan. "Kung Ikaw ay Anak ng Diyos." Ang mga salitang ito ay pumupuno ng poot at kapaitan sa diwa niya. Ang tunog ng kaniyang pangungusap ay naghahayag ng lubos niyang di-paniniwala. Pakikitunguhan ba ng
[142] Diyos nang gayon ang Kaniyang sariling Anak? Pababayaan ba Niya Siya sa ilang na kasama ng mga hayop na ganid, na walang makain, walang mga kasama, walang kaaliwan? Iginigiit niya ang isipan na hinding-hindi ilalagay ng Diyos sa gayong kalagayan ang Kaniyang Anak. "Kung Ikaw ay Anak ng Diyos," ipakita Mo ang Iyong kapangyarihan sa pamamagitan ng pagpawi Mo sa Iyong matinding kagutuman. Ipag-utos Mo na ang batong ito ay maging tinapay.

Ang mga salitang buhat sa langit, "Ito ang sinisinta Kong Anak, na Siya Kong lubos na kinalulugdan" (Mateo 3:17), ay tumataginting pa sa mga pandinig ni Satanas. Datapwa't ipinasiya niyang papag-alinlanganin si Kristo sa patotoong ito. Ang salita ng Diyos ay siyang nakapagbigay katiyakan kay Kristo tungkol sa Kaniyang banal na misyon. Siya'y naparito upang mamuhay na isang tao sa gitna ng mga tao, at ang salitang iyon ang nagpahayag ng pagkakaugnay Niya sa langit. Ang layunin ni Satanas ay papag-alinlanganin Siya

sa salitang iyon. Kung mauuga ang pagtitiwala ni Kristo sa Diyos, talos ni Satanas na kaniyang-kaniya na ang tagumpay sa buong labanan. Madadaig niya si Jesus. Inasahan niyang ang tindi ng pag-aalaala at ang malabis na pagkagutom, ay pipilit kay Kristo na mawalan ng pananampalataya sa Kaniyang Ama, at dahil dito ay gagawa Siya ng kababalaghan upang iligtas ang Kaniyang sarili. Kung ito ang ginawa Niya, nasira sana ang panukala ng pagliligtas.

Nang unang magkaharap sa paglalaban si Satanas at ang Anak ng Diyos, si Kristo ay siyang namuno sa mga hukbo ng langit; at si Satanas, na lider ng paghihimagsik sa langit, ay pinalayas. Ngayon ang kalagayan nila ay waring nabaligtad, kaya't sinasamantala ni Satanas ang kaniyang inaakalang kalamangan. Ang isa sa lalong makapangyarihan sa mga anghel, aniya, ay pinalayas sa langit. Ang anyo ni Jesus ay nagpapahiwatig na Siya ang pinalayas na anghel na iyon, na pinabayaan ng Diyos, at iniwan ng mga tao. Mapatitibayan ng isa ang sinasabi niyang siya'y Diyos sa, pamamagitan ng paggawa [143]
ng isang kababalaghan; "kung Ikaw ay Anak ng Diyos, ipag-utos Mo na ang batong ito ay maging tinapay." Ang gayong gawa ng paglikha, iginigiit ng manunukso, ay magiging ganap na katibayan ng pagka-Diyos. At iyon ang tatapos sa labanan.

Hindi maatim ng loob ni Jesus na magwalang-kibo sa pinuno ng mga magdaraya. Datapwa't hindi na kailangang patunayan Niya kay Satanas na Siya nga ay Diyos, at hindi na rin kailangang ipaliwanag Niya kung bakit Siya nagpakababa. Kung susundin Niya ang hinihingi ng naghimagsik, ay wala namang pakikinabanging ikabubuti ng tao o ikaluluwalhati man ng Diyos. Kung ipaghalimbawang sinunod ni Kristo ang iminungkahi ng kaaway, ay sasabihin pa rin ni Satanas, Pagpakitaan Mo ako ng tanda upang ako'y maniwalang Ikaw ang Anak ng Diyos. Ang katibayan ay walang magagawa upang masira ang kapangyarihan ng paghihimagsik sa kaniyang puso. At hindi gagamit si Kristo ng kapangyarihan ng Diyos para sa sarili Niyang kapakinabangan. Naparito Siya upang magbata ng tuksong paris ng babathin natin, na iniiwanan tayo ng halimbawa ng pananampalataya at pagpapasakop. Ni sa pangyayaring ito o sa alinmang gumawa ng isa mang kababalaghan para sa sarili Niya. Lahat Niyang mga kahanga-hangang gawa ay pawang sa ikabubuti ng iba. Bagama't kilala na ni Jesus si Satanas buhat pa nang una, ay hindi Siya nagalit sa pakikipagtunggali rito. Palibhasa'y pinalakas Siya

ng tinig na buhat sa langit, ay nanalig Siya sa pag-ibig ng Kaniyang Ama. Hindi Siya maaaring makipagkasundo sa tukso.

Ang isinagupa ni Jesus kay Satanas ay ang mga salita ng Kasulatan. "Nasusulat," ang wika Niya. Ang sandatang panlaban Niya sa bawa't tukso ay ang salita ng Diyos. Humingi si Satanas kay Kristo ng isang kababalaghan bilang pinakatanda ng Kaniyang pagka-
[144] Diyos. Ngu- ni't ang lalong dakila sa lahat ng mga kababalaghan,
[145] ay ang matibay na pananalig sa "Ganito ang sabi ng Panginoon," at iyan ay isang tanda na hindi malalabanan. Habang nagtitibay si Kristo sa ganitong pananalig, ay walang magagawa ang manunukso.

Nang si Kristo'y salakayin ng pinakamababangis na tukso ay noong Siya'y kasalukuyang napakahina. Kaya inakala ni Satanas na siya'y walang-salang mananaig. Sa ganito niya napanagumpayan ang mga tao. Ang mga malaon nang nakikilaban nang buong tapang sa panig ng katuwiran ay nangagapi nang humina ang kanilang lakas ng katawan at ng kalooban, at nang magbawa ang pananampalataya nila sa Diyos. Si Moises ay pagal sa apatnapung taong paglalakbay ng Israel sa ilang, nang makabitiw na sumandali ang kaniyang pananampalataya sa panghahawak sa walang-hanggang kapangyarihan ng Diyos. Nagkulang siya nang sila'y nasa may hangganan na ng Lupang Pangako. Ganyan din si Elias, na hindi nangiming tumayo sa harap ni Haring Ahab, at sa harap ng buong bansang Israel, na pinamumunuan ng apat na raan at limampung propeta ni Baal. Pagkaraan noong kakila-kilabot na araw sa bundok ng Carmelo, nang pagpapatayin ang mga bulaang propeta, at manumpa naman ang bayan na susunod sa Diyos, ay tumakas si Elias dahil sa pagbabanta ni Jezebel sa kaniyang buhay. Sa ganyang paraan sinasamantala ni Satanas ang kahinaan ng mga tao. At sa ganyang paraan pa rin siya gagawa. Pagka ang tao'y nililigalig ng mga suliranin, nililito ng mga pangyayari, o dumaranas kaya ng karalitaan o kapighatin, lumalapit naman si Satanas upang manukso at mangyamot. Sinasalakay niya ang mahihinang bahagi ng ating likas. Inuuga niya ang ating tiwala sa Diyos, na siyang nagtutulot na mangyari ang ganyang mga bagay. Tinutukso niya tayo na huwag magtiwala sa Diyos, na pa alinlanganan ang Kaniyang pag-ibig. Malimit ay lumalapit sa atin
[146] ang manunukso na gaya nang lapitan niya si Kris- to, na iniisa-isa sa atin ang ating mga kahinaan at mga pagkukulang. Inaasahan niyang ito ang magpapahina sa ating loob, at magpapabitiw sa atin sa pang-

hahawak sa Diyos. Kung magkagayo'y tiyak na niya ang kaniyang huli. Nguni't kung sasagupain natin Siya na gaya ng ginawa ni Jesus, marami tayong maiiwasang pagkatalo. Ang pakikipagkasundo sa kaaway ay nagbibigay sa kaniya ng kalamangan.

Nang sabihin ni Kristo sa manunukso, "Hindi lamang sa tinapay mabubuhay ang tao, kundi sa bawa't salitang lumalabas sa bibig ng Diyos," ay inulit Niya ang mga salitang sinabi Niya sa Israel noong may sanlibo't apat na raang taon na ang nakararaan, na ang wika Niya'y ganito: "Pinatnubayan ka ng Panginoon mong Diyos nitong apatnapung taon sa ilang. ... At ikaw ay pinapangumbaba Niya, at pinapagdamdam ka Niya ng gutom, at pinakain ka Niya ng mana, na hindi mo nakilala, ni nakilala man ng iyong mga magulang; upang Kaniyang maipakilala sa iyo na hindi lamang sa tinapay nabubuhay ang tao, kundi sa bawa't salitang lumalabas sa bibig ng Panginoon." Deuteronomio 8:2, 3. Nang maubos na ang lahat ng pagkain sa ilang, ay nagpadala ang Diyos sa Kaniyang bayan ng mana buhat sa langit; at saganang mana ang ibinigay sa kanila. Binigyan sila nito upang sila'y turuan na pagka sila'y nagtitiwala sa Diyos at nagsisilakad sa Kaniyang mga daan ay hindi Niya pababa-yaan sila. Ngayon ay isinasagawa ng Tagapagligtas ang Kaniyang itinuro sa Israel noong araw. Sa pamamagitan ng salita ng Diyos ay dumating ang saklolo sa bansang Hebreo, at sa pamamagitan ng salita ring iyan ay dara-ting din kay Jesus ang saklolo. Hinintay Niya ang pag-papadala ng Diyos ng saklolo. Siya'y nasa ilang dahil sa pagtalima sa Diyos, at hindi Niya ibig magkaroon ng pagkain sa pamamagitan ng pagtalima Niya sa mga mungkahi ni Satanas. Sa harap ng sumasaksing santinakpan, ay pinatunayan Niyang lalo pang mabuti ang magtiis ng anumang [147]
mangyayari kaysa humiwalay nang kahit bahagya sa kalooban ng Diyos.

"Hindi lamang sa tinapay mabubuhay ang tao, kundi sa bawa't salita ng Diyos." Ang sumusunod kay Kristo ay madalas na sumasapit sa kalagayang hindi niya mapaglilingkuran ang Diyos at kasabay nito'y isasagawa pa niya ang kaniyang mga gawain sa sanlibutan. May pangyayari na dahil sa pag-alinsunod niya sa malinaw na utos ng Diyos ay parang mawawalan siya ng hanapbuhay. Dito'y pinapaniniwala siya ni Satanas na kailangan niyang talikdan o isakripisyo ang kaniyang banal na paniniwala. Nguni't ang totoo'y wala tayong maaaring asahan sa ating sanlibutan kundi ang salita ng Diyos.

“Hanapin muna ninyo ang kaharian ng Diyos, at ang Kaniyang katwiran; at ang lahat ng mga bagay na ito ay pawang idaragdag sa inyo.” Mateo 6:33. Maging sa buhay na ito ay hindi natin ikabubuti ang humiwalay sa kalooban ng ating Amang nasa langit. Sa sandaling makilala natin ang kapangyarihan ng Kaniyang salita, ay hindi na natin susundin ang mga mungkahi ni Satanas sa paghanap ng ating pagkain o sa pagliligtas ng buhay. Sapat nang itanong lamang natin, Ano ba ang iniuutos ng Diyos? at ano ang Kaniyang pangako? Kung nalalaman natin ito, ay tatali-mahin natin ang Kaniyang utos, at paniniwalaan ang Kaniyang pangako.

Sa huling malaking pakikilaban kay Satanas ay maki-kita ng mga tapat sa Diyos na mapuputol at ipagkakait sa kanila ang mga pantaguyod nila sa lupa. Sapagka’t ayaw nilang sundin ang utos ng mga kapangyarihan sa lupa na suwayin nila ang kautusan ng Diyos, sila’y pagbabawalang bumili o magbili. Sa katapus-tapusan ay ipaguutos na sila’y pagpapatayin. Tingnan ang Apoealipsis 13:11-17. Nguni’t ganito ang pangako sa masunurin, “Siya’y tatahan sa mataas: ang kaniyang dakong sanggala-ngan ay ang mga katibayan na malalaking bato: ang kaniyang tinapay ay mabibigay sa kaniya;
[148] ang kaniyang tubig ay sagana.” Isaias 33:16. Ang pangakong ito ang bubuhay sa mga anak ng Diyos. Pagka ang lupa’y sinasalanta ng gutom, sila’y may kakanin. “Hindi sila mangapapahiya sa panahon ng kasamaan: at sa mga kaarawan ng kagutom ay mangabubusog sila.” Awit 37:19. Iyan ang panahon ng kadalamhatiang hinintay ni propeta Habakuk, at ang mga salita niya’y nagpapahayag ng pananampalataya ng iglesya: “Sapagka’t bagama’t ang puno ng igos ay hindi mamumulaklak, ni magkakaroon man ng bunga sa mga puno ng ubas; ang bunga ng olibo ay maglilikat, at ang mga bukid ay hindi magbibigay ng pagkain; ang kawan ay mahihiwalay sa kulu-ngan, at hindi na magkakaroon ng bakahan sa mga silungan: gayunma’y magagalak ako sa Panginoon, ako’y magagalak sa Diyos ng aking kaligtasan.” Habakuk 3: 17, 18.

Ang pinakamahalaga sa lahat ng mga aral na makukuha sa unang dakilang tukso sa ating Panginoon ay ang tungkol sa pagpipigil sa mga gana sa pagkain at sa mga pita ng damdamin. Sa lahat ng kapanahunan, ang mga tuksong tumatawag sa mga hilig ng laman ay siyang pinakamabisa sa pagpapasama at pagpapahina sa mga tao. Ang di-pagpipigil ay siyang paraan ni Satanas upang masira

niya ang isip at ang mararangal na kaugaliang ibinigay ng Diyos sa mga tao bilang pinakamahalagang kaloob. Sa ganito ay hindi tuloy napahahalagahan ng mga tao ang mga bagay na may walang-hanggang kahalagahan. Dahil sa pagkabuyo sa kalibugan at kahalayan ng laman, ay nagagawa ni Satanas na mapawi niya sa kaluluwa ng tao ang bawa't bakas ng pagiging-kawangis ng Diyos.

Ang di-pagpipigil at ang sakit at kahirapang ibinunga nito noong unang pumarito si Kristo ay muling lilitaw, na may lalong masidhing kasamaan, bago Siya pumarito sa ikalawa. Sinasabi ni Kristo na ang kalagayan ng sanlibutan ay magiging gaya noong mga araw na bago dumating ang Gunaw, at tulad sa panahon ng Sodoma at [149]
Gomora. Ang bawa't haka ng puso ay magiging masamang parati. Nabibingit na tayo ngayon sa kakila-kilabot na panahong iyan, kaya dapat nating isapuso ang aral na itinuturo ng ayuno ng Tagapagligtas. Sa pamamagitan lamang ng di-masambit na kadalamhatiang tiniis ni Kristo maaari nating makuro ang sama ng lubos na pagpapakalayaw. Ang ibinigay Niyang halimbawa ay nagpapakilala na ang tangi nating pag-asa sa buhay na walang-hanggan ay ang isuko sa kalooban ng Diyos ang ating mga gana sa pagkain at ang mga pita ng laman.

Sa sarili nating lakas ay hindi natin mapipigil ang mga hilig ng ating makasalanang likas. Sa pamamagitan nito tutuksuhin tayo ni Satanas. Alam ni Kristo na lalapit ang kaaway sa bawa't tao, upang samantalahin ang kahinaang ito na ating minana, at sa pamamagitan ng kaniyang pagsisinungaling o mga bulaang pama-marali ay kaniyang sisiluin at dadayain ang lahat ng di-nagtitiwala sa Diyos. Nguni't sa pamamagitan ng paglakad sa daang dapat lakaran ng mga tao, ay inihanda ng Panginoon ang daan upang tayo'y managumpay. Hindi Niya ibig na tayo'y malamangan ni Satanas sa ating pakikilaban dito. Hindi Niya ibig na tayo'y matakot o masiraan ng loob sa mga pagsalakay ng ahas. "Laksan ninyo ang inyong loob," wika Niya, "Aking dinaig ang sanlibutan." Juan 16:33.

Ang sinumang nakikipaglaban sa kapangyarihan ng gana o panlasa ay dapat tumingin sa Tagapagligtas na tinukso doon sa ilang. Masdan ninyo ang paghihirap Niya doon sa krus, nang Siya'y sumigaw ng, "Ako'y nau-uhaw." Tiniis Niya ang lahat ng maaaring babathin natin. Atin ang Kaniyang tagumpay.

Si Jesus ay umasa sa dunong at lakas ng Kaniyang Amang nasa langit. Ang wika Niya, "Tutulungan Ako ng Panginoong Diyos;

kaya't hindi Ako malilito: ... at talastas Ko na hindi Ako mapa-
[150] pahiya.... Narito, tutulungan Ako ng Panginoong Diyos." Itinuturo ang sarili Niyang halimbawa, ganito ang sinasabi Niya sa atin, "Sino sa inyo ang natatakot sa Panginoon, ... na luma-lakad sa kadiliman, at walang liwanag? Magtiwala siya sa pangalan ng Panginoon, at umasa siya sa kaniyang Diyos." Isaias 50:7-10.

"Dumarating ang prinsipe ng sanlibutang ito," wika ni Jesus, "at siya'y walang anuman sa Akin." Juan 14:30. Sa Kaniya ay walang anumang bagay na tumutugon sa madadayang salita ni Satanas. Hindi Siya pumayag na magkasala. Ni sa isip man ay hindi Siya sumuko sa tukso. Iyan din sana ang mangyari sa atin. Ang pagkatao ni Kristo ay nalakip sa Diyos; ang pagtira sa Kaniya ng Espiritu Santo ay naghanda sa Kaniya sa pakikilaban. At naparito Siya upang gawin tayong mga kaba-hagi ng likas ng Diyos. Kaya habang tayo'y nakikiisa sa Kaniya sa pananampalataya, ay wala nang kapang-yarihan pa ang kasalanan sa atin. Inaabot ng Diyos ang kamay ng sumasampalataya upang pahigpitin ang hawak nito sa pagka-Diyos ni Kristo, upang sa gayo'y maabot natin ang kasakdalan ng likas.

At ipinakilala sa atin ni Kristo kung paano ito mang-yayari. Sa pamamagitan ng anong bagay nanagumpay Siya sa pakikilaban kay Satanas? Sa pamamagitan ng salita ng Diyos. Tanging sa pamamag-itan lamang ng salita nalabanan Niya ang tukso. "Nasusulat," wika Niya. At sa atin ay ibinigay ang "mahahalaga at napakadakilang pangako: upang sa pamamagitan ng mga ito ay mangakabahagi kayo sa kabanalang mula sa Diyos, yamang nangakatanan sa kabulukang nasa sanlibutan dahil sa masasamang pita." 2 Pedro 1:4. Ang bawa't panga-kong nasa salita ng Diyos ay sa atin. Tayo'y mabubuhay "sa bawa't salitang lumalabas sa bibig ng Diyos." Kapag sinasalakay ng tukso, huwag ninyong tingnan ang mga pangyayari o ang kahinaan man ng inyong sarili, kundi ang tingnan ninyo ay ang kapangyarihan
[151] ng salita ng Diyos. Ang buong kapangyarihan nito ay inyo. "Ang salita mo," sabi ng mang-aawit, "ay aking iningatan sa aking puso, upang huwag akong magkasala laban sa Iyo." "Sa pamamagitan ng salita ng Iyong mga labi ay naingatan ko ang aking sarili na malayo
[152] sa mga landas ng maninira." Awit 119:11; 17:4.

## Kabanata 13—Ang Tagumpay

Ang kabanatang ito ay batay sa Mateo 4:5-11; Marcos 1:12, 13; Lukas 4:5-13.

"Nang magkagayo'y dinala Siya ng diyablo sa Bayang Banal, at inilagay Siya sa taluktok ng templo, at sa Kaniya'y sinabi, Kung Ikaw ay Anak ng Diyos, ay magpatihulog Ka: sapagka't nasusulat—

"Siya'y magbibilin sa Kaniyang mga anghel tungkol sa Iyo:
At aalalayan Ka ng kanilang mga kamay,
Baka matisod ang Iyong paa sa isang bato."

Inaakala ni Satanas na ngayon ay patas na ang laban nila ni Jesus. Inihaharap ngayon ng tusong kaaway ang mga salitang nagbubuhat sa bibig ng Diyos. Ang anyo pa rin niya ay gaya ng isang anghel ng kaliwanagan, at ipinahahalata niyang kaniyang nasasaulo ang mga Kasulatan, at natatarok ang kahulugan ng nasusulat. Kung paanong sa pasimula'y ginamit ni Jesus ang salita ng Diyos upang alalayan ang Kaniyang pananampalataya, ngayon nama'y ginagamit ito ng manunukso upang ipasok ang kaniyang pagdaraya. Sinabi niyang sinusubok lamang niya ang katapatan ni Jesus, at ngayo'y pinu-puri niya ang tibay sa pagkamatapat Nito. Yamang ang Tagapagligtas ay nagpakita na ng tiwala sa Diyos, iginigiit ni Satanas na dapat Siyang [153] magbigay ng isa pang katunayan ng Kaniyang pananampalataya.

Nguni't muli na namang ang pambungad ng tukso ay nagpapahiwatig ng di-pagtitiwala, "Kung Ikaw ay Anak ng Diyos." Natukso si Kristong sagutin ang "Kung;" nguni't nagpigil Siya sa pinakabahagyang pagtanggap sa alinlangan. Hindi Niya isasapanganib ang buhay Niya upang mabigyan lamang si Satanas ng katunayan.

Inisip ng manunukso na samantalahin ang pagigingtao ni Kristo, at inuudyukan Itong maghambog. Subali't bagaman si Satanas ay maaaring manghibo o manlalamuyot, hindi naman siya makapamimilit na ang isa'y papagkasalahin. "Magpatihulog Ka," wika niya kay Jesus, palibhasa'y alam niyang hindi niya Ito maihuhulog;

sapagka't hahadlang ang Diyos upang iligtas Ito. Ni hindi rin naman niya mapipilit si Jesus na magpatihulog. Malibang si Kristo'y pumayag sa tukso, ay hindi Siya madadaig. Ni ang buong kapangyarihan ng sanlibutan o ng impiyerno man ay hindi makapipilit sa Kaniya bahagya man na lumihis sa kalooban ng Kaniyang Ama.

Hinding-hindi tayo mapipilit ng manunukso na gumawa ng masama. Hindi niya masusupil ang isip na hindi isinusuko sa kaniya. Dapat munang sumuko ang kalooban, dapat munang bumitiw kay Kristo ang pananampalataya, bago siya magkaroon ng kapangyarihan sa atin. Subali't bawa't masamang hangad na iniimpit at inaalagaan sa kalooban ay nagbibigay ng lugar kay Satanas. Sa bawa't bahaging tayo'y hindi umaabot sa pamantayan ng Diyos ay isang pinto ang nabubuksan na pinapasukan niya upang tayo'y tuksuhin at ipahamak. At bawa't pagkabigo o pagkadaig natin ay nagbibigay sa kaniya ng pagkakataong makutya niya si Kristo.

Nang ulitin ni Satanas ang pangakong, "Siya'y magbibilin sa Kaniyang mga anghel tungkol sa Iyo," ay sadyang kinaligtaan niya ang mga salitang, "upang ingatan Ka sa lahat ng Iyong mga lakad;"
[154] samakatwid baga'y sa lahat ng mga lakad na pinipili ng Diyos. Tumanggi si Jesus na lumakad sa labas ng landas ng pagtalima. Samantalang ipinakikita Niya ang lubos na tiwala sa Kaniyang Ama, ay hindi naman Niya mailalagay ang sarili Niya sa isang kalagayang pilit na kakailanganin ang pamamagitan ng Kaniyang Ama upang Siya'y iligtas sa kamatayan, maliban na lamang kung ito ang malinaw na bilin sa Kaniya. Hindi Niya pipilitin ang Diyos na iligtas Siya, sapagka't hindi ito magbibigay sa tao ng halimbawa ng pagtitiwala at pagpapasakop.

Sinabi ni Jesus kay Satanas, "Nasusulat din naman, Huwag mong tutuksuhin ang Panginoon mong Diyos." Ito ang mga salitang sinabi ni Moises sa angkan ni Israel nang sila'y mauhaw sa ilang, at nang atasan nila si Moises na sila'y bigyan ng tubig na maiinom, na sinasabi, "Ang Panginoon ba'y nasa gitna natin, o wala?" Exodo 17:7. Gumawa ang Diyos ng kamangha-mangha para sa kanila; nguni't sa sandali ng kabagabagan ay pinag-alin-langanan nila Siya, at humingi sila ng katunayang Siya ay kasama nila. Sa pag-aalinlangan nila ay sinikap nilang subukin Siya. At iyan din ang iginigiit ni Satanas na gawin ni Kristo. Pinatunayan na ng Diyos na si Jesus ay Kaniyang Anak; at kung ngayon ay hihingi pa ng

katunayang Siya nga ay Anak ng Diyos ay magiging pagsubok na iyan sa salita ng Diyos—pagtukso na iyan sa Kaniya. Katulad din iyan nang paghingi niyong hindi ipinangako ng Diyos. Magpapakilala iyan ng di-pagtitiwala, at magiging katumbas din ng tunay na pagsubok, o pagtukso sa Kaniya. Hindi natin dapat iharap sa Diyos ang ating mga kahilingan upang subukin kung tutupdin Niya ang Kaniyang salita, kundi sapagka't tutupdin nga Niya; hindi upang subukin kung tayo'y minamahal Niya, kundi sapagka't minamahal nga Niya tayo. "Kung walang pananampalataya ay hindi maaaring maging kalugod-lugod sa Kaniya; sapagka't ang lumapit sa Diyos ay dapat sumamplatayang may Diyos, at Siya ang tagapagbigay-ganti [155]
sa mga sa kaniya'y nagsisihanap." Hebreo 11:6.

Nguni't ang pananampalataya ay hindi natutulad sa pagyayabang. Ang taong may tunay na pananampalataya ay siya lamang hindi madadala ng pagyayabang. Dahil sa ang pagyayabang ay siyang inihahalili ni Satanas sa pananampaltaya. Ang pananampalataya ay nanghahawak sa mga pangako ng Diyos, at nagbubunga ng pagtalima. Ang kayabangan ay nanghahawak din sa mga pangako ng Diyos, subali't ginagamit ito na dahilan sa paglabag, gaya ng ginawa ni Satanas. Ang pananampalataya ang dapat sanang umakay sa ating unang mga magulang na pagtiwalaan ang pag-ibig ng Diyos, at sundin ang Kani yang mga utos. Nguni't pagyayabang ang umakay sa kanila na salansangin ang kautusan ng Diyos, sa paniniwalang dahil sa malaki Niyang pag-ibig sa kanila ay di-maaaring hindi Niya sila iligtas sa mga ibubunga ng kanilang pagkakasala. Hindi matatawag na pananampalataya iyong umaasa sa awa ng Diyos samantalang hindi naman gina-ganap ang mga kondisyong pinagbabatayan ng pagkaka-loob ng ganyang awa. Ang kinasasaligan ng tunay na pananampalataya ay ang mga pangako at mga tagubilin ng mga Kasulatan.

Madalas na pagka si Satanas ay nabibigong tayo'y papag-alinlanganin, nagtatagumpay naman siya sa pagpapayabang sa atin. Kung magagawa niyang tayo ay kusang lumagay sa daan na tayo'y matutukso, ay natitiyak niyang kaniya ang tagumpay. Iingatan ng Diyos ang lahat na lumalakad sa daan ng pagtalima; nguni't ang paghiwalay sa daang iyan ay pangahas na pakikipanig kay Satanas. Diyan ay tiyak tayong mabubuwal. Tayo'y pinagbilinan ng Tagapagligtas, "Kayo'y mangagpuyat at magsipanalangin, upang huwag kayong

magsipasok sa tukso." Mareos 14:38. Pagbubulay at pananalangin ang pipigil sa atin upang huwag tayong pumasok sa daan ng
[156] panganib, at sa gayon ay makaiiwas tayo sa maraming pagkatalo.

Gayunma'y hindi tayo dapat mawalan ng loob pagka tayo'y sinasalakay ng tukso. Malimit na pagka tayo'y nalalagay sa gipit na katayuan, ay ating naiisip na baka hindi na tayo inaakay ng Espiritu ng Diyos. Datapwa't ang Espiritu nga ng Diyos ang naghatid kay Jesus sa ilang upang Siya'y tuksuhin doon ni Satanas. Kapag inihahatid tayo ng Diyos sa pagsubok, ay mayroon Siyang pinapanu-kalang sa ikabubuti natin. Hindi pinangahasan ni Jesus na sadyang pumasok sa tukso dahil sa Siya'y naniniwala sa mga pangako ng Diyos, ni hindi rin Siya nanlumo nang dumating na sa Kaniya ang tukso. Tayo man ay hindi dapat manlumo. "Tapat ang Diyos, na hindi Niya titiisin na kayo ay tuksuhin nang higit sa inyong makakaya; kundi kalakip ng tukso ay gagawa naman Siya ng paraan ng pagiwas, upang ito'y inyong matiis." Sinasabi Niyang, "Ihandog mo sa Diyos ang haing pasasalamat; at tuparin mo ang iyong mga panata sa Kataas-taasan: at tumawag ka sa Akin sa kaarawan ng kabagabagan: ili-ligtas kita, at iyong luluwalhatiin Ako." 1 Corinto 10:13; Awit 50:14, 15.

Si Jesus ang nagwagi sa ikalawang tukso, at ngayo'y kusang ibinubunyag ni Satanas ang tunay niyang likas. Nguni't hindi siya nagpapakitang gaya ng isang nakatata-kot na halimaw na may mga paa't pakpak na tulad ng sa paniki. Siya ay isang makapangyarihang anghel, bagama't nagkasala. Inaamin niyang siya ang pinuno ng mga naghimagsik at diyos ng sanlibutang ito.

Nang si Jesus ay mailagay ni Satanas sa tuluktok ng mataas na bundok, ay ipinamalas ni Satanas sa harap Niya ang buong kagandahan at kaluwalhatian ng mga kaharian sa sanlibutan. Ang sikat ng araw ay tumatama sa mga templo ng siyudad, sa mga palasyong marmol, sa matatabang bukirin, at sa mga parang na hitik sa bunga. Nakukubli ang mga bakas ng kasamaan. Ang mga mata ni Jesus, na kapanggagaling lamang sa dilim at kalungkutan ng ilang, ay
[157] nagmamalas ngayon sa di-napapantayang tanawin ng kagandahan at kasaganaan. Pagkatapos ay narinig ang tinig ng manunukso: " Ang lahat ng kapangyarihang ito, at pati ng buong kaluwalhatian nila ay ibibigay ko sa Iyo: sapagka't mga naibigay na sa akin; at ibibigay

ko kung kanino ko ibig. Kaya nga kung sasambahin Mo ako, ay magiging Iyo ang lahat."

Sa pamamagitan lamang ng paghihirap mangyayaring maganap ni Kristo ang Kaniyang layunin. Nakalagay sa harap Niya ang isang kabuhayan ng kadalamhatian, kahirapan, pakikilaban, at kaaba-abang kamatayan. Papasanin Niya ang mga kasalanan ng buong sanlibutan. Ba-bathin Niya ang pagkahiwalay sa pag-ibig at pagmamahal ng Ama. Ngayon ay kusang ibinibigay ng manunukso ang kapangyarihang inagaw nito. Maililigtas ni Kristo ang sarili Niya sa kakila-kilabot na hinaharap kung kikilala-nin lamang Niya ang pagka-panginoon ni Satanas. Nguni't kung gagawin ito ni Kristo ay nangangahulugang nagpa-patalo na Siya sa malaking tunggalian. Ang pagpipilit ni Satanas na mataasan ang Anak ng Diyos ay siyang ipinagkasala nito sa langit. Kung ngayo'y magwawagi ito, ay magiging tagumpay ng himagsikan.

Nang sabihin ni Satanas kay Kristo na, Ang kaharian at kaluwalhatian ng sanlibutan ay naibigay na sa akin, at ibibigay ko kung kanino ko ibig, ay bahagi lamang ng katotohanan ang sinabi niya, at sinabi niya ito upang siya'y makalinlang. Ang kapamahalaan ni Satanas ay yaong inagaw niya kay Adan, nguni't si Adan ay katiwala lamang ng Maykapal. Samakatwid ang pamumuno ni Adan ay hindi sa kaniya. Ang lupa ay sa Diyos, at ang lahat ng bagay ay ipinagkatiwala ng Diyos sa Kaniyang Anak. Si Adan ay mamumuno sa ilalim ng kapangyarihan ni Kristo. Nang isuko ni Adan ang kaniyang pamamahala sa mga kamay ni Satanas, ay nanatili pa rin kay Kristo ang pagiging tunay na Hari. Kaya nga nasabi ng Panginoon kay Haring Nabukodonosor, "Ang Kataas-taasan ay nagpupuno sa kaharian ng mga tao, at ibinibigay Niya ito sa kanino mang kaniyang [158]
ibigin." Daniel 4:17. Magagamit ni Satanas ang kaniyang inagaw na kapangyarihan nang alinsunod lamang sa kapahintulutan ng Diyos.

Nang ialok ng manunukso kay Kristo ang kaharian at kaluwalhatian ng sanlibutan, ay para niyang iminungkahi na isuko na ni Kristo ang Kaniyang pagiging tunay na hari ng sanlibutan, at tagapamahala na lamang sa ilalim ng kapangyarihan ni Satanas. Ito rin nga ang kapamahalaang pinagsaligan ng mga Hudyo ng kanilang pag-asa. Ninasa nila ang kaharian ng sanlibutang ito. Kung pumayag si Kristo na maialok sa kanila ang gayong kaharian, ay buong puso sanang tinanggap nila Siya. Nguni't nakapataw doon ang sumpa ng

kasalanan, kasama ang lahat nitong kahirapan at kadustaan. Sinabi nga ni Kristo sa manunukso, "Lumagay ka sa likuran Ko, Satanas: sapagka't nasusulat, Sa Panginoon mong Diyos sasamba ka, at Siya lamang ang iyong paglilingkuran."

Isang naghimagsik sa langit ang nag-alok kay Kristo ng lahat ng mga kaharian ng sanlibutang ito, upang bilhin ang Kaniyang paggalang sa mga simulain ng kasamaan; nguni't hindi Siya maaaring bilhin; Siya'y naparito upang magtatag ng isang kaharian ng katwiran, at hindi maaaring hindi Niya ituloy ang Kaniyang panukala. Ganyan din ang tuksong iniuulok ni Satanas sa mga tao, at sa kanila'y lalong madali siyang magtatagumpay kaysa kay Kristo. Iniaalok niya sa mga tao ang kaharian ng sanlibutang ito kung kikilalanin nila siya na kanilang panginoon. Hinihingi niya na iwan nila ang kanilang karangalan, huwag pansinin ang kanilang budhi, at magpakagumon sa kasakiman. Pinagbibilinan sila ni Kristo na hanapin muna nila ang kaharian ng Diyos at ang Kaniyang katwiran; nguni't lumalapit si Satanas sa kanilang piling at sa kanila'y ibinubulong: Kung totoo man iyan sa buhay na walang-hanggan, sa sanlibutan namang ito ay dapat kang maglingkod sa akin upang
[159] ikaw ay magtagumpay. Hawak ko ang tagumpay at kaligayahan. Mabibigyan kita ng mga kayamanan, mga kalayawan, karangalan, at kaligayahan. Dinggin mo ang aking payo. Huwag kang padala sa kung anu-anong mga sabi-sabi na maging tapat o mapagsakripisyo. Ako ang maghahanda ng daang lalakaran mo. Sa ganyang paraan nadadaya ang mga karamihan. Umaayon silang mabuhay na sarili ang pinaglilingkuran, at nasisiyahan si Satanas. Samantalang inaakit niya sila na kanilang asahan ang maging panginon ng sanlibutan, siya naman ang nagiging panginoon ng kanilang kaluluwa. Datapwa't ang iniaalok niyang ibibigay ay iyong hindi kaniya, at malapit nang bawiin sa kaniya. At bilang kapalit ng alok na ito ay sinasamsam niya ang kanilang titulo sa mana ng mga anak ng Diyos.

Pinag-alinlanganan ni Satanas kung si Jesus ay Anak ng Diyos. Nguni't ang pagpapalayas sa kaniya ay isang katibayang hindi niya mapabubulaanan. Ang pagka-Diyos ay nagliwanag sa nanghihinang katawan ni Kristo. Walang kapangyarihan si Satanas na labanan ang pag-uutos. Sa matinding kahihiyan at kagalitan, siya'y napilitang umurong sa harap ng Manunubos sa sanlibutan. Naging lubos ang

tagumpay ni Kristo na paris din ng pagiging lubos ng pagkatalo ni Adan.

Kaya malalabanan din natin ang tukso, at mapapalayas natin si Satanas. Nakamtan ni Jesus ang tagumpay nang Siya'y pasakop at sumampalataya sa Diyos, at sa pamamagitan ng apostol ay sinabi Niya sa atin, "Pasakop nga kayo sa Diyos. Labanan ninyo ang diyablo, at siya'y tatakas sa inyo. Lumapit kayo sa Diyos, at Siya'y lalapit sa inyo." Santiago 4:7, 8. Hindi natin maililigtas ang ating sarili sa kapangyarihan ng manunukso; dinaig niya ang sangkatauhan, at kung mananayuan tayo sa sarili nating lakas, ay magiging talun-talunan tayo ng bala niyang lalang; subali't "ang pangalan ng Panginoon ay isang matibay na moog: nanganganlong doon ang matwid at naliligtas." Kawikaan 18:10. Si Satanas ay nanginginig at tumatakas sa harap ng pinakamahinang taong [160] nanganganlong sa makapangyarihang pangalang yaon.

Nang makalayas na ang kaaway, ay nalugmok si Jesus sa lupa na walang kalakas-lakas, at animo patay ang Kaniyang mukha. Pinanood ng mga anghel sa langit ang labanan, at nakita nila ang pinakamamahal nilang Pangulo nang Siya'y dumaan sa katakut-takot na kahirapan upang maihanda lamang ang daang ating matatakasan. Binata Niya ang pagsubok, na lalong higit kaysa maaaring mabata natin. At samantalang nakahandusay ang Anak ng Diyos na tulad sa patay, ay dumating ang mga anghel at naglingkod sa Kaniya. Siya'y pinalakas sa pamamagitan ng pagdulot sa Kaniya ng pagkain, na inaliw ng pasabing Siya'y pinakamamahal ng Ama at ng katiyakang ang buong kalangitan ay nagtagumpay na kasama Niya. At nang Siya'y mahimasmasan, ang Kaniyang dakilang puso ay nagpatuloy sa pagmamahal sa mga tao, at sa pagtapos sa gawaing Kaniyang pinasimulan; at hindi Siya magpapahinga hanggang sa malipol Niya ang kaaway, at matubos Niya ang ating lahing nahulog sa pagkakasala.

Di-kailanman mapaghuhulo ang halaga ng pagkatubos sa atin kundi pagka tumayo na ang mga tinubos na kasama ng Manunubos sa harapan ng luklukan ng Diyos. At pagka ang mga kaluwalhatian ng walang-hanggang tahanan ay nahayag na sa ating naliligayahang mga diwa ay saka pa lamang natin maaalaala, na iniwan ni Jesus ang lahat ng ito dahil sa atin, na hindi lamang nilisan Niya ang langit, kundi dahil sa atin ay isinapanganib ang sarili Niyang buhay. Sa

panahon ngang yaon ay ila-lapag sa Kaniyang paanan ang ating mga korona o putong, at ibubulalas ang awit na, “Karapat-dapat ang Korderong pinatay upang tumanggap ng kapangyarihan, at kayamanan, at karunungan, at kalakasan, at kapurihan, at kaluwalhatian,
[161] at pagpapala.” Apocalipsis 5:12.

## Kabanata 14—“Nasumpungan Namin ang Mesiyas”

Ang kabanatang ito ay batay sa Juan 1:19-51.

Si Juan Bautista ay nangangaral at nagbibinyag ngayon sa Bethabara, sa ibayo ng Jordan. Hindi ito malayo sa pook na pinatigil ng Diyos ang agos hanggang sa makaraan ang Israel. Buhat dito ay malapit na ang matibay na kuta ng Jerico na iginiba ng mga hukbo ng langit. Ang alaala ng mga pangyayaring ito ay muling nasariwa ngayon, at nagbigay ng tindi sa pabalita ni Juan. Ang Diyos na gumawa ng gayong kahanga-hangang mga kaba-balaghan sa mga panahong nakaraan ay hindi kaya muling magpapakita ng Kaniyang kapangyarihan upang iligtas ang Israel? Iyan ang isipang gumigiyagis sa kalooban ng mga taong dumaragsa sa mga pampang ng Jordan.

Nag-ugat ng malalim ang kapangyarihan ng pangangaral ni Juan sa bayan na anupa’t napilitan ang mga pinuno ng relihiyon na ito’y kanilang matyagan. Ang lahat ng mga papulong-bayan ay minan-manan ng mga Romano dahil sa panganib na lumikha ng gulo, at anumang pagbubuhatan ng pagbabangon o paghihimagsik ng mga tao ay ipinangamba naman ng mga pinunong Hudyo. Hindi kini-lala ni Juan ang kapangyarihan ng Sanedrin kaya nga hindi na siya humingi sa kanila ng pahintulot na makapangaral; at kaniya rin na-mang pinangusapan at sinaway ang mga pinuno at mga tao, at ang mga Pariseo at mga Sadueeo. Gayon pa man ay sinundan-sundan pa [162] rin siya ng mga tao. Sa malas ay waring patuloy na lumalago ang kaniyang gawain. Bagaman hindi siya sumangguni sa Sanedrin, ay itinuring pa rin nito na siya ay nasa ilalim ng kanilang kapangyari-han, dahil sa siya ay isang tagapagturo ng bayan.

Ang kapulungang ito ng Sanedrin ay binubuo ng mga kagawad na buhat sa mga saserdote, sa mga pinuno ng bayan, at sa mga taga-pagturo ng bansa. Karaniwan nang ang pangulo ay ang dakilang saserdote. Lahat ng mga kagawad nito ay mga lalaking may kagu-langan na, nguni’t hindi naman matatanda; mga lalaking pantas, mga

bihasa hindi lamang sa relihiyon at kasaysayan ng mga Hudyo, kundi sa lahat din naman ng sangay ng karunungan. Sila'y mga walang kapintasan at mapagpahinuhod. Ang dakong pinagtitipunan nila ay isang silid na kaugnay ng templo sa Jerusalem. Noong mga araw na may kasarinlan pa ang mga Hudyo, ang Sanedring ito ay siyang kataas-taasang hukuman ng bansa, na may angking kapangyarihang ukol sa bayan at sa relihiyon. Bagama't ngayon ay sakop sila ng mga gobernador na Romano, gayon pa man'y kinikilala pa rin ang kapangyarihan nito sa mga suliraning pambayan at panrelihiyon.

Hindi maaaring iliban ng Sanedrin ang pagsisiyasat sa gawain ni Juan. May ilang nakaalaala sa pangitaing nakita ni Zacarias sa templo, at sa hula ng ama na nag-sasabing ang anak niya ay siyang magiging tagapagbalita ng Mesiyas. Dahil sa mga ligalig at. mga pagbabagong nangyari sa loob ng tatlumpung taon, ay halos nawala na sa alaala ang mga bagay na ito. Nguni't ngayon ay biglang nagunita dahil sa sila'y nabalisa sa pangangaral ni Juan.

Maluwat nang panahon buhat nang magkaroon ng propeta ang Israel, maluwat na buhat nang mangyari ang isang pagbabago o repormasyon na tulad ng nasasaksihan nila ngayon. Waring bago at
[163] nakapagtataka ang utos na mangumpisal ng kasalanan. Marami sa mga pinuno ng bayan ang aayaw lumapit kay Juan upang makinig sa kaniyang mga pamanhik at mga babala, baka pa sila mapilitang magtapat ng mga lihim ng kanilang buhay. Gayunman ang kaniyang pangangaral ay isang tuwirang pagbabalita ng tungkol sa Mesiyas. Alam ng lahat na ang pitumpung sanlinggo ng hula ni Daniel, na sumasaklaw sa pagdating ng Mesiyas, ay malapit nang magwakas; at nananabik na ang lahat na sila'y magsitanggap ng pambansang karangalang inaasahan nila noon. Napakalaki ng katuwaa't kasiglahan ng lahat na anupa't napilitan ang Sanedrin na magpasiya kung tatanggapin o tatanggihan ang gawain ni Juan. Unti-unti nang nawawalan sila ng kapangyarihan sa mga tao. At nagiging malubha nang suliranin kung pano nila mapananatili ang kanilang katayu-an. Sa hangad nilang matiyak ang ipapasiya, ay nagpasugo sila sa Jordan ng isang pulutong ng mga saserdote at mga Levita upang makipag-usap sa bagong tagapagturo.

Isang karamihan ang nagkakatipon, na nakikinig sa kaniyang mga salita, nang magsilapit ang mga kinatawang inutusan. Nagsilapit ang mga palalong rabi na nagsalitang may kagilasan sa hangad

na paghambugan ang mga tao at igalang ng propeta. May paggalang, at halos takot, na nagbigay sa kanila ng daan ang karamihan. Tumayo sa harap ng propeta ang ilang mga dakilang lalaki, na nararamtan ng mga mamahaling damit, at nasa matataas na katungkulan at kapangyarihan.

"Sino ka ba?" tanong nila.

Palibhasa'y alam ni Juan ang iniisip nila, siya'y sumagot, "Hindi ako ang Kristo."

"Kung gayon ay sino ka? Ikaw ba'y si Elias?"

"Hindi ako."

"Ikaw ba yaong propeta?"

"Hindi."

"Sino ka? upang maibigay namin ang sagot sa mga nagsugo sa [164]
amin. Ano ang sinasabi mo tungkol sa iyong sarili?"

"Ako ang tinig na sumisigaw sa ilang, Tuwirin ninyo ang daan ng Panginoon, gaya ng sinasabi ni propeta Isaias."

Ang kasulatang tinutukoy ni Juan ay ang magandang hula ni Isaias na: "Inyong aliwin, inyong aliwin ang Aking bayan, sabi ng iyong Diyos. Mangagsalita kayong may pag-aliw sa Jerusalem, at sigawan ninyo siya na ang kaniyang pakikipagdigma ay naganap, na ang kaniyang kasamaan ay ipinatawad. ... Ang tinig ng isang sumisigaw, Ihanda ninyo sa ilang ang daan ng Panginoon, pantayin ninyo sa ilang ang lansangan para sa ating Diyos. Bawa't libis ay mataas, at bawa't bundok at burol ay mababa: at ang mga baku-bako ay matutuwid, at ang mga hindi pantay na dako: at ang kaluwalhatian ng Panginoon ay mahahayag, at makikitang magkakasama ng lahat ng tao." Isaias 40:1-5.

Noong una, pagka maglalakbay ang isang hari sa mga dako ng kaniyang kaharian na bihirang mapuntahan, ay isang pulutong ng mga tao ang inuutusang magpauna sa karuwahe ng hari upang patagin ang matatarik na dako at pantayin ang mga lubak, nang sa gayon ay matiwasay na makapaglalakbay ang hari at walang anumang maka-abala. Ang ugaling ito ay siyang halimbawang ginamit ng propeta upang ilarawan ang gawain ng ebanghelyo. "Bawa't libis ay mataas, at bawa't bundok at burol ay mababa." Pagka hinipo ng Espiritu ng Diyos ang kaluluwa, at ginising ito ng kahanga-hangang kapangyarihan nito, ay nabababa ang kapalaluan ng tao. Nakikitang walanghalaga ang makasanlibutang kalayawan, katungkulan, at ka-

pangyarihan. Nababagsak "ang mga haka at mga bagay na matayog na nagmamataas laban sa pagkakilala sa Diyos"; at bawa't isipan ay nadadalang bihag "sa pagtalima kay Kristo." 2 Corinto 10:5. Pagkat-
[165] apos ay saka pa lamang mabubunyi bilang siya lamang may halaga ang katangian ng kapakumbabaan at maibiging pagpapakasakit, na gayon ay bahagya nang pahalagahan ng mga tao. Ito ang gawain ng ebanghelyo, at bahagi nito ang pabalita ni Juan.

Nagpatuloy ang pagtatanong ng mga rabi: "Bakit ka nga nagbibinyag, kung hindi ikaw ang Kristo, ni si Elias, ni ang propetang iyon?" Ang mga salitang "ang propetang iyon" ay tumutukoy kay Moises. Ang mga Hudyo ay nahulog sa paniniwalang si Moises ay ibabangon mula sa mga patay, at dadalhin sa langit. Hindi nila alam na si Moises ay binuhay na. Nang pasimulan ni Juan Bautista ang kaniyang pangangaral, inakala ng marami na baka siya na nga si Moises na ibinangon sa mga patay, dahil sa siya'y bihasang-bihasa sa mga hula at sa kasaysayan ng Israel.

Pinaniwalaan rin noon na bago dumating ang Mesiyas, ay pakikita si Elias. Ang pag-asang ito ay siyang ikinaila ni Juan; nguni't may lalong malalim na kahulugan ang kaniyang sagot. Pagkaraan nito, ay tinukoy ni Jesus si Juan sa ganitong pangungusap, "Kung ibig ninyong tanggapin, siya ay si Elias na darating." Mateo 11:14, R.V. Si Juan ay naparito sa diwa at kapangyarihan ni Elias, upang gawin ang gaya ng ginawa ni Elias. Kung tinanggap siya ng mga Hudyo, sana.'y nangyari ito sa kanila. Nguni't hindi nila tinanggap ang pabalita niya. Sa kanila siya'y hindi si Elias. Kaya hindi niya naganap sa kanila ang layuning sadya niyang ipinarito.

Marami doon sa mga nagkatipon sa Jordan ay mga kaharap nang binyagan si Jesus; nguni't iilan lamang sa kanila ang nakakita sa tandang ibinigay noon. Nang sumunod na mga buwan ng pangangaral ni Juan Bautista, ay marami ang ayaw makinig sa tawag na pagsisisi. Kaya pinatigas nila ang kanilang mga puso at pinadilim ang kanilang pag-iisip. Hindi nila napagkilala ang patotoong ibinigay ng Langit noong si Jesus ay binyagan. Ang mga mata na
[166] di-kailanman itiningin nang may pananampalataya sa Kaniya na di-nakikita ng karaniwang paningin ay hindi nakakita ng paghahayag ng kaluwalhatian ng Diyos; ang mga pakinig na di-kailanman nakinig sa Kaniyang tinig ay hindi nakarinig ng mga salita ng patotoo. Ganyan din ngayon. Madalas ay nahahayag sa mga

kapulungan ng mga tao ang pakikiharap ni Kristo at ng mga banal na anghel, at gayon pa ma’y marami pa rin ang hindi nakaaalam. Wala silang nararamdamang di-pangkaraniwan. Datapwa’t sa mga iba ay nagpapakahayag ang Tagapagligtas. Kapayapaan at katuwaan ng nag-uumapaw sa kanilang mga puso. Sila’y naaaliw, napasisigla, at pinagpapala.

Ang mga pinag-utusang buhat sa Jerusalem ay nagtanong kay Juan, “Bakit ka nagbibinyag?” at sila’y naghihintay ng kasagutan. Walang anu-ano, nang ilingap niya ang kaniyang mga mata sa malaking kapulungan, biglang nagliwanag ang kaniyang paningin, sumaya ang kaniyang mukha, at ang buo niyang pag-katao ay pinagharian ng matinding damdamin. Nakaunat ang kaniyang mga kamay na siya’y sumigaw, “Ako’y nagbibinyag sa tubig: sa gitna ninyo ay may Isang nakatayo na hindi ninyo nakikilala, Siya nga ay dumarating na kasunod ko, na ako’y di-karapat-dapat na magkalag ng mga panali ng Kaniyang panyapak.” Juan 1:27, R.V.

Ang pabalita ay tiyak at di-pagkakamalian, na maibabalik nila sa Sanedrin. Walang ibang mapagkakapitan ng mga pangungusap ni Juan kundi iyong Isang maluwat nang ipinangako. Nasa gitna nila ang Mesiyas! Buong pagtatakang nagpalinga-linga ang mga saserdote at ang mga pinuno sa palibot nila, sa pag-asang matutuklasan nila Siya na sinalita ni Juan. Datapwa’t hindi nila makilala Siya sa gitna ng karamihan.

Noong si Jesus ay binyagan, at ituro Siya ni Juan na Siya ang Kordero ng Diyos, isang bagong liwanag ang nahayag tungkol sa gawain ng Mesiyas. Napabaling ang isip ng propeta sa mga salita ni Isaias na ang wika, “Siya’y tulad sa isang korderong dinala sa [167]
patayan.” Isaias 53:7. Nang mga linggong sumunod, ay muling pinag-aralan ni Juan ang mga hula at turo tungkol sa gawaing paghahandog o paghahain. Hindi niya napagkilala nang maliwanag ang pagkakaiba ng dalawang bahagi ng gawain ni Kristo,—una, bilang isang nagbabatang hain, at ikalawa, bilang isang nagwawaging hari,—subali’t nakilala niya na ang pagdating ng Mesiyas ay may lalong malalim na kahulugan kaysa naunawa ng mga saserdote o ng mga tao. Nang matanaw niya si Jesus sa gitna ng karamihan nang Ito’y pauwi nang buhat sa ilang, ay may pagtitiwalang hinintay niya Ito na magbigay sa mga tao ng tanda ng tunay Nitong likas. Halos inip na inip na siya sa paghihintay na sabihin ng Tagapagligtas ang

layunin Nito; nguni't walang sinabi Ito, at wala ring ibinigay na tanda. Ni hindi tinugon ni Jesus ang ipinahayag ni Juan tungkol sa Kaniya, kundi nakilahok Siya sa mga alagad ni Juan, na di-nagpakita ng anumang katunayan ng Kaniyang natatanging gawain, at wala ring ginawang anumang mga hakbang upang Siya'y mapansin.

Kinabukasan ay nakita ni Juan na si Jesus ay dumarating. Nang matanaw ng propeta ang liwanag ng kaluwalhatian ng Diyos na nakapatong sa ulunan ni Jesus, ay sinabi niya, "Narito, ang Kordero ng Diyos, na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan! Ito yaong aking sinasabi, Sa hulihan ko ay dumarating ang isang lalaki na magiging una sa akin. ... At Siya'y hindi ko nakilala; datapwa't upang Siya'y mahayag sa Israel, dahil dito'y naparito ako na bumabautismo sa tubig. ... Nakita ko ang Espiritu na bumababang tulad sa isang kalapati na buhat sa langit; at dumapo sa Kaniya. At Siya'y hindi ko nakikilala: datapwa't ang nagsugo sa akin upang bumautismo sa tubig, ay siyang nagsabi sa akin, Ang makita mong babaan ng Espiritu, at manahan sa Kaniya, ay Siya nga ang bumabautismo sa
[168] Espiritu Santo. At aking nakita, at pinatotohanan kong ito ang Anak ng Diyos." Juan 1:29-34.

Ito na kaya ang Kristo? Magkalangkap ang pangingimi at paghanga na minasdan ng mga tao ang Isa na kasasabi pa lamang ni Juan na siyang Anak ng Diyos. Taimtim na naantig ng mga salita ni Juan ang kani lang mga damdamin. Nagsalita siya sa kanila sa pangalan ng Diyos. Araw-araw ay nakikinig sila sa kaniya na sinusumbatan ang kanilang mga kasalanan, at arawaraw naman ay tumitindi ang kanilang paniniwala na si Juan ay isinugo nga ng Langit. Subali't sino ang Isang ito na dakila pa kaysa kay Juan Bautista? Sa kaniyang tindig at pananamit ay walang nababakas na tanda ng mataas na katayuan. Siya sa malas ay isang karaniwang tao, na nararamtan ng damit ng mga maralitang tulad din nila.

May ilang mga tao sa gitna ng karamihang ito na nakakita sa kaluwalhatian at sa tinig ng Diyos noong binyagan si Kristo. Nguni't buhat nang panahong yaon ay malaki na ang ipinagbago ng anyo ng Tagapagligtas. Nang Siya'y binyagan ay nakita nila ang mukha Niyang nagliwanag sa kaluwalhatian ng langit; nguni't ngayon, Siya'y maputla, hapo, at payat, kaya't si Juan lamang ang nakakilala sa Kaniya.

Datapwa't habang Siya'y tinititigan ng mga tao, ay natatanaw nila ang Kaniyang mukhang kinababadhaan ng pagmamahal at kapangyarihan ng Diyos. Bawa't sulyap ng paningin, bawa't ayos ng mukha, ay nagtataglay ng tanda ng kapakumbabaan at ng dimabigkas na pagibig. Para bagang Siya'y nababalot ng kapangyarihan ng kabanalan. At bagama't banayad at karaniwan ang Kaniyang mga kilos, ay nadama rin sa Kaniya ng mga tao ang isang natatagong kapangyarihan, na hindi lubusang maikubli. Ito na nga kaya Yaong maluwat nang hinihintay ng Israel?

Naparito si Jesus sa karalitaan at kabanalan, upang Siya'y mag- [169]
ing ating halimbawa at Manunubos. Kung Siya'y naparitong may karangyaan ng isang hari, paano Niya maituturo ang kababaan? Paano Niya maiaaral ang mahahayap na katotohanan na gaya ng Kanyang Sermon sa Bundok ng mga Olibo? Paano nga Niya mabibigyan ng pag-asa ang mga maralita kung Siya'y naparitong isang hari?

Sa ganang marami, gayon pa man, ay waring malayung-malayong mangyari na Itong itinuturo ni Juan ay siyang maging katuparan ng kanilang matatayog na pagasa. Dahil dito'y marami ang nangabigo, at labis na nagulumihanan.

Ang mga salitang ibig na ibig marinig ng mga saserdote at mga rabi, na isasauli na ngayon ni Jesus ang kaharian sa Israel, ay hindi man lamang nabanggit ni Juan. Ganyang hari ang inaasam-asam at hinihintay-hintay nila; ganyang hari ang handa nilang tanggapin. Datapwa't hindi nila matatanggap na hari ang isa na magtatayo sa kanilang mga puso ng kaharian ng katwiran at kapayapaan.

Nang sumunod na araw, samantalang ang dalawang alagad ay nakatayo sa malapit, ay natanaw uli ni Juan si Jesus sa gitna ng mga tao. Muling nagliwanag ang mukha ng propeta sa kaluwalhatian ng Diyos na dinakikita, at siya'y sumigaw ng "Masdan ninyo ang Kordero ng Diyos!" Nalipos ng damdamin ang puso ng mga alagad. Hindi nila lubos na naunawaan ang mga iyon. Ano kaya ang ibig sabihin ng pangalang itinawag ni Juan kay Jesus—"ang Kordero ng Diyos"? Ni hindi ito ipinaliwanag ni Juan.

Iniwan nila si Juan at hinanap si Jesus. Ang isa sa dalawa ay si Andres, na kapatid ni Simon; ang isa pa ay si Juan ebanghelista. Ito ang mga unang alagad ni Kristo. Palibhasa'y kinilos ng matinding
udyok ng dam-damin, sinundan nila si Jasus—na sabik na kausapin [170]

Siya, gayunma'y nangingimi at nauumid, sapagka't hindi nila lubos na maisip ang kahulugan ng isipang, "Ito nga kaya ang Mesiyas?"

Talastas ni Jesus na sinusundan Siya ng mga alagad. Sila ang mga unang bunga ng Kaniyang ministeryo, at nalipos ng tuwa ang puso ng banal na Guro nang magsitugon ang mga taong ito sa Kaniyang biyaya. Gayunman sa Kaniyang paglingon, ay tinanong lamang Niya sila, "Anong hinahanap ninyo?" Ibig Niyang sila ang magkusa kung ibig nilang bumalik o kaya'y magsabi ng kanilang nais.

Iisa lamang ang kanilang layunin. Iisang tao lamang ang pumupuno sa kanilang isip. Napabulalas sila ng, "Rabi, ... saan Ka nakatira?" Sa maigsi nilang paguusap sa tabi ng daan ay hindi nila natanggap ang kanilang pinananabikan. Ibig nilang mag-isang makaniig si Jesus, maupo sa Kaniyang paanan, at makinig sa Kaniyang mga salita.

"Sinabi Niya sa kanila, Parito kayo at inyong tingnan. Sila'y nagsilapit at tiningnan nila kung saan Siya tumatahan, at nakipanuluyan sila sa Kaniya nang araw na yaon."

Kung si Juan at si Andres ay may diwang di mapaniwalain na gaya ng mga saserdote at mga pinuno, hindi sana sila nasumpungang nakikinig at nag-aaral sa paanan ni Jesus. Nagsilapit sana sila sa Kaniya bilang mga kritiko, upang hatulan ang Kaniyang mga salita. Marami ang sa ganitong paraan ay napapagsarhan tuloy ng napakamahahalagang pagkakataon. Nguni't hindi ganyan ang ginawa ng mga unang alagad na ito. Pinaking-gan nila ang tawag ng Espiritu Santo nang mangaral si Juan Bautista. Ngayon ay nakilala nila ang tinig ng Tagapagturong buhat sa langit. Sa ganang kanila ang mga salita ni Jesus ay lipos ng kasariwaan at katotohanan at kagandahan. Liwanag ng Diyos ang tumanglaw sa aral ng mga Ka-
[171] sulatan ng Matandang Tipan. Ang sari-saring paksa ng katotohanan ay tinanglawan ng bagong liwanag.

Pagsisisi at pananampalataya at pag-ibig ang nagbibigay-kaya sa kaluluwa upang matanggap ang karunungang buhat sa langit. Ang pananampalatayang gumagawa dahil sa pag-ibig ay siyang susi ng karunungan, at bawa't isang umiibig ay "nakakakilala sa Diyos." 1 Juan 4:7.

Ang alagad na si Juan ay isang taong may maalab at taimtim na pag-ibig, masigasig nguni't palaisip. Untiunti niyang nabanaagan

ang kaluwalhatian ni Kristo— hindi ang panlabas na karangyaan at kapangyarihang pansanlibutan na itinuro sa kaniya na kaniyang asahan, kundi "ang kaluwalhatiang gaya ng sa Bugtong ng Ama, na puspos ng biyaya at katotohanan." Juan 1:14. Lulong na lulong ang isip niya sa pagbubulay ng kahanga-hangang paksa.

Sinikap ni Andres na ipamahagi ang katuwaang pumuno sa kaniyang puso. Hinanap niya ang kaniyang kapatid na si Simon, at kaniyang sinabi, "Nasumpungan namin ang Mesiyas." Hindi na hinintay ni Simon ang pangalawang tawag. Narinig na rin niya ang pangangaral ni Juan Bautista, at nagmadali siyang lumapit sa Tagapagligtas. Tinitigan siya ni Kristo, at nabasa Nito ang kaniyang likas at ang buong kasaysayan ng kaniyang buhay. Ang likas niyang mabiglain, ang puso niyang maibigin at maawain, ang matayog niyang panukala at kayabangan, ang kasaysayan ng kaniyang pagkakasala, ang kaniyang pagsisisi, ang kaniyang mga paggawa, at ang kaniyang pagkamatay bilang isang martir—nabasa itong lahat ng Tagapagligtas, at sa kanya'y sinabi Nito, "Ikaw ay si Simon na anak ni Juan, tatawagin kang Cepas, na kung liliwanagin ay, Isang bato."

"Kinabukasan ay pumaroon si Jesus sa Galilea, at nasumpungan Niya si Felipe, at sinabi Niya sa kaniya, Sumunod ka sa Akin." Sumunod si Felipe, at karaka- rakang siya'y naging isa ring mang- [172]
gagawa ni Kristo. [173]

Tinawag ni Felipe si Nathanael. Itong si Nathanael ay kasama ng karamihan nang ituro ni Juan si Jesus bilang siyang Kordero ng Diyos. Nabigo si Nathanael nang makita niya si Jesus. Ang taong ito nga kaya ay siyang Mesiyas, gayong mukhang manggagawa at maralita? Gayunma'y hindi matanggihan ni Nathanael si Jesus, dahil sa tumimo sa kaniyang puso ang paniniwala sa balita ni Juan.

Nang tawagin ni Felipe si Nathanael, ay nasa gitna ito ng mga kakahuyan at kasalukuyang pinag-iisip ang ipinahayag ni Juan at ang mga hula tungkol sa Mesiyas. Kaniyang idinalangin na kung ang ibinalita ni Juan ay siyang talagang Tagapagligtas, ay ipakilala sana Ito sa kaniya, at sumakaniya nga ang Espiritu Santo at tiniyak sa kaniya na dinalaw na nga ng Diyos ang Kaniyang bayan at ipinagbangon sila ng sungay ng kaligtasan. Alam ni Felipe na sinaliksik ng kaibigan niyang si Nathanael ang mga hula ng Kasulatan, at nang kasalukuyang ito'y nananalangin sa ilalim ng punong igos, ay

doon niya ito nasumpungan. Sa kubling pook na ito na nakakanlong sa mayayabong na sanga ng kahoy madalas silang manalanging magkasama.

Ang sabing, "Nasumpungan namin Yaong tungkol sa Kaniya ay isinulat ni Moises at ng propeta," sa ganang kay Nathanael ay isang sagot sa kaniyang dalangin. Nguni't nanginginig pa ang pananampalataya ni Felipe. May pag-aalinlangang idinugtong niya, "Si Jesus na taga-Nazareth, na anak ni Jose." Muling nanaig ang masamang diwa sa puso ni Nathanael. Bumulalas siya ng, "Maaari bang lumitaw ang anumang mabuting bagay sa Nazareth?"

Hindi nakipagtalo si Felipe. Sinabi laamng niya, "Halika at tingnan mo. Nakita ni Jesus si Nathanael na lumalapit sa Kaniya, at sinabi Niya, Narito ang tunay na Israelita, na sa kaniya ay walang
[174] daya!" Sa pagtataka'y napabulalas si Nathanael, "Kailan Mo ako nakilala? Sumagot si Jesus at sinabi sa kaniya, Bago ka tinawag ni Felipe, nang ikaw ay nasa lilim ng puno ng igos, ay nakita kita."

Sapat na iyon. Ang Espiritu ng Diyos na nagpatotoo kay Nathanael nang siya'y nananalangin sa lilim ng puno ng igos ay nagsalita ngayon sa kaniya sa pamamagitan ng bibig ni Jesus. Bagama't nag-aalinlangan, at medyo nadadaig ng maling saloobin, si Nathanael ay lumapit kay Kristo na taglay ang tapat na hangaring makilala ang katotohanan, at kaya naman ngayon ay ibinigay ang kaniyang nasa. Ang Kaniyang pananampalataya ay humigit pa doon sa naghatid sa kaniya kay Jesus. Siya'y sumagot at nagsabi, "Rabi, Ikaw ang Anak ng Diyos; Ikaw ang Hari sa Israel."

Kung si Nathanael ay nanangan sa sabi-sabi ng mga rabi, hindi niya sana nasumpungan si Jesus. Kaya siya naging alagad ay sapagka't siya na rin ang tumingin at humatol. Ganyan din ang nangyayari sa marami ngayon dahil sa maling saloobin. Ibang-iba sana ang mangyayari kung sila ang lalapit at titingin!

Habang ang tao'y nananangan sa mga sabi-sabi ng kapwa, ay walang makakakilala sa katotohanang makapagliligtas. Gaya ni Nathanael, dapat nating pag-aralan ang salita ng Diyos, at idalanging tanglawan tayo ng Espiritu Santo. Yaong nakakita kay Nathanael nang ito'y nasa lilim ng puno ng igos ay siya ring makakakita sa atin sa lihim na dakong panalanginan. Ang mga anghel na buhat sa sanlibutan ng kaliwanagan ay lumalapit doon sa mga may kapakumbabaang humihingi ng banal na patnubay.

Ang pagkakatawag kina Juan at Andres at Simon, at kina Felipe at Nathanael, ay siyang pasimula ng pagkakatatag ng Iglesya Kristiyana. Itinuro ni Juan Bautista ang dalawa sa mga alagad niya kay Kristo. Saka ang isa sa mga ito, si Andres, ang nakasumpong sa kaniyang kapatid, at inilapit ito sa Tagapagligtas. Pagkatapos [175]
ay tinawag si Felipe, at hinanap naman nito si Nathanael. Ang mga halimbawang ito ay dapat magturo sa atin ng kahalagahan ng sarilinang paggawa, ng tuwirang pakikiusap sa ating mga kamaganak, mga kaibigan, at mga kapitbahay. May mga taong nagpapanggap na nakakakilala kay Kristo sa buong buhay nila, nguni't di-kailanman nakagawa ng sarilinang paggawa upang makapaghatid sa Tagapagligtas ng kahit isa man lamang kaluluwa. Ipina-uubaya nila sa ministro ang lahat ng paggawa. Maaaring karapat-dapat siya sa kaniyang gawain, nguni't hindi niya magagawa ang iniwan at itinadhana ng Diyos sa mga kaanib ng iglesya.

Marami ang nangangailangan ng paglilingkod ng mga mapagmahal na Kristiyano. Marami ang nagsilusong sa kapahamakan na sana'y nangaligtas kung ang mga kapitbahay nila ay gumawa ng sarilinang paglilingkod para sa kanila. Marami ang nangaghihintay na sila lamang ay lapitan at anyayahan. Sa sarili nating tahanan, sa ating mga kapitbahay, at sa bayang ating pinakikipama-yanan, ay may gawaing ating magagawa bilang mga misyonero ni Kristo. Kung tayo'y mga Kristiyano, ay ikalu-lugod nating gawin ang gawaing ito. Karaka-rakang mahikayat ang isang tao ay sumisibol sa kaniyang puso ang hangaring maipakilala niya sa iba kung gaano kahalagang kaibigan si Jesus. Hindi niya maiimpit sa kaniyang puso ang nagliligtas at nagpapabanal na katotohanan.

Lahat ng nangagtalaga sa Diyos ay magiging mga daluyan ng liwanag. Sila'y ginagawa ng Diyos na mga kasangkapan Niya upang maghatid sa mga iba ng mga kayamanan ng Kaniyang biyaya. Ang Kaniyang pangako ay, "At Aking gagawing mapapalad sila at ang mga dakong nangasa palibot ng Aking burol; at Aking palalagpakin ang ulan sa kapanahunan; magkakaroon ng ulan ng pagpapala." Ezekiel 34:26.

Sinabi ni Felipe kay Nathanael, "Halika at tingnan mo." Hindi [176]
niya hininging tanggapin nito ang patotoo ng iba, sukat na ang tingnan niya lamang si Kristo. Ngayong si Jesus ay nakaakyat na sa langit, ang mga alagad Niya ay siya Niyang mga kinatawan sa gitna

ng mga tao, at ang isang pinakamabisang paraan ng paghikayat ng mga kaluluwa sa Kaniya ay ang pagsasakabuhayan ng Kaniyang likas sa araw-araw. Ang impluwensiya natin sa mga iba ay hindi gaanong nasasalig sa ating mga sinasalita kundi sa ating mga pamumuhay. Maaaring tutulan at labanan ng mga tao ang-ating pangangatwiran, matatanggihan nila ang ating mga pamanhik; nguni't ang di-makasariling pagpapakita ng pag-ibig ay isang katwirang hindi nila malalabanan. Ang isang kabuhayang tapat, na kinakikitaan ng maamong likas ni Kristo, ay isang kapangya-rihan sa sanlibutan.

Ang aral ni Kristo ay bunga ng Kaniyang paniniwala at karanasan sa buhay, at yaong mga tinuturuan Niya ay nagiging mga tagapagturong paris din Niya. Ang salita ng Diyos, pagka binibigkas ng isang napabanal na rin sa pamamagitan nito, ay may kapangyarihang nagbibigaybuhay na humihikayat sa mga nakikinig, at nagpapapa-niwala sa kanila na ito ay isang buhay na katotohanan. Pagka tinanggap ng isang tao ang katotohanan dahil sa mahal niya ito, ay ipakikilala niya ito sa kaniyang mga kilos at sa paraan ng kaniyang pagsasalita. Ipinakikilala niya ang kaniyang narinig, nakita, at nahipo tungkol sa salita ng buhay, upang ang mga iba naman ay magkaroon ng pakikisama sa kaniya sa pamamagitan ng pagkakilala kay Kristo. Ang kaniyang patotoo, na nagbubuhat sa mga labing hinipo ng bagong buhat sa dambana ng Langit, ay katotohanan sa pusong tumatanggap, at nagpapabanal sa likas.

At siya na nagsisikap magbigay ng liwanag sa mga iba ay tatanggap ng pagpapala. "Magkakaroon ng ulan ng pagpapala." "Ang dumidilig ay madidilig din." Kawikaan 11:25. Maaaring matupad
[177] ng Diyos ang Kaniyang layuning mailigtas ang mga makasalanan nang hindi tayo katulong; subali't upang tayo'y makabuo ng isang likas na gaya ng kay Kristo, ay dapat tayong makibahagi sa Kaniyang gawain. Upang kamtin natin ang Kaniyang kagalakan—alalaong baga'y ang kagalakan na makita ang mga taong tinubos ng Kaniyang pagpapakasakit—dapat tayong tumulong sa Kaniyang mga paggawa upang sila'y mangatubos.

Ang unang pagpapahayag ni Nathanael ng kaniyang pananampalataya, na lubos at maalab at tapat, ay dumating sa pandinig ni Jesus na tulad sa isang awitin. At Siya'y "sumagot at sinabi sa kaniya, Dahil ba sa sinabi Ko sa iyo, na ikaw ay nakita Ko sa ilalim ng puno ng igos, kaya ka sumasampalataya? Lalo pang mga daki-

lang bagay kaysa rito ang makikita mo." Inasahan ng Tagapagligtas na liligaya Siya sa Kaniyang gawaing pangangaral ng mabubuting balita sa mga maamo, sa pagpapagaling sa mga may bagbag na puso, at sa pagtatanyag ng kalayaan sa mga bihag ni Satanas. At nang maisip Niya ang mahahalagang mga pagpapalang dinala Niya sa mga tao, ay idinugtong ni Jesus, "Katotohanan, katotohanang sinasabi Ko sa iyo, Buhat ngayon ay makikita ninyong bukas ang langit, at ang mga anghel ng Diyos na nagmamanhik-manaog sa ulunan ng Anak ng tao."

Dito'y parang sinasabi ni Jesus na, Sa pampang ng Jordan ay nabuksan ang mga langit, at lumapag sa Akin ang Espiritung tulad sa isang kalapati. Ang nakita ninyong iyan ay isa lamang tanda na Ako nga ang Anak ng Diyos. Kung ganyan ang inyong paniniwala sa Akin, ay mabubuhay ang inyong pananampalataya. Makikita ninyong bukas ang mga langit, at hindi na kailanman magsasara. Ako ang nagbukas' niyan sa inyo. Umaakyat ang mga anghel ng Diyos, na dinadala sa Ama ang mga panalangin ng mga nangangailangan at mga nagdadalamhati, at sila'y nananaog na dala ang pagpapala at pag-asa, ang sigla, tulong, at buhay, sa mga anak ng mga tao. [178]

Ang mga anghel ng Diyos ay walang-tigil ng pagma-manhik-manaog sa lupa at langit. Ang mga kababalaghan ni Kristo sa mga maysakit at nahihirapan ay mga gawa ng kapangyarihan ng Diyos sa pamamagitan ng pangangasiwa ng mga anghel. At sa pamamagitan nga ni Kristo, sa ilalim ng pangangasiwa ng mga anghel, kaya dumara-ting sa atin ang mga pagpapalang buhat sa Diyos. Nang ibihis ng Tagapagligtas ang katawang-tao, ay nakipagkaisa Siya sa mga pangangailangan ng mga nagkasalang anak na lalaki't babae ni Adan, samantalang sa pamama-gitan naman ng Kaniyang pagka-Diyos ay humahawak Siya sa luklukan ng Diyos. Sa ganito si Kristo ay siyang paraan ng pakikipagtalastasan ng tao sa Diyos, at ng Diyos sa tao. [179]

## Kabanata 15—Sa Piging sa Kasalan

Ang kabanatang ito ay batay sa Juan 2:1-11.

Hindi pinasimulan ni Jesus ang Kaniyang ministeryo sa pamamagitan ng ilang dakilang gawa sa harap ng Sanedrin sa Jerusalem. Sa isang pagsasalu-salo ng mga magkakamag-anak sa isang maliit na nayon ng Galilea ay doon ginamit ang Kaniyang kapangyarihan upang makaragdag sa katuwaan ng isang kasalan. Sa gayong paraan ipinakita Niya ang Kaniyang pakikisama sa mga tao, at ang hangad Niyang maglingkod sa kanilang ikaliligaya. Sa pagtukso sa Kaniya sa ilang ay nilagok Niya ang saro ng kadalamhatian. Siya'y lumabas upang iabot sa mga tao ang saro ng pagpapala, sa pamamagitan ng Kaniyang basbas upang pabanalin ang pagsasama ng mga tao.

Pagkagaling ni Jesus sa Jordan, ay bumalik Siya sa Galilea. Magkakaroon noon ng kasalan sa Cana, isang maliit na nayong hindi kalayuan sa Nazareth; ang mga ikakasal ay mga kamag-anak ni Jose at ni Maria; at nang mabalitaan ni Jesus ang pagsasalu-salong ito, ay nagpunta Siya sa Cana, at sila ng mga alagad Niya ay inanyayahan sa piging.

Nakita Niya uli ang Kaniyang ina, na malaon na ring naiwan Niya. Nabalitaan na ni Maria ang kahanga-hangang nakita sa Jordan, noong Siya'y binyagan. Umabot ang balita hanggang sa Nazareth,
[180] at nanariwa sa alaala nito ang mga pangyayaring napakalaon nang iningatan nito sa puso. Ang buong Israel at lalo na si Maria ay ginimbal ng mga pangangaral ni Juan Bautista. Buhay na buhay pa sa kaniyang alaala ang hulang sinabi nang ito ay ipanganak. Ang pagkakaugnay nito ngayon kay Jesus ay muling bumuhay sa kaniyang pag-asa. Datapwa't nabalitaan din niya (ni Maria) ang mahiwagang pagpunta ni Jesus sa ilang, at ito ang nagbigay sa kaniya ng sari-saring mga alalahanin.

Buhat nang araw na marinig ni Maria ang ipinahayag ng anghel sa kaniyang tahanan sa Nazareth, ay iningatingatan na niya ang bawa't katunayan na si Jesus ay siya na ngang Mesiyas. Ang timti-

man at mapagbigay na ugali Nito ay nagbigay-katiyakan sa kaniya na Ito na nga ang Sugo ng Diyos. Subali't sumakaniya rin nga ang mga pag-aalinlangan at mga pagkabigo, kaya pinanabikan niya ang pagdating ng panahong ang kaluwalhatian Nito ay mahahayag. Inulila na siya si Jose, na gaya niya'y naka-alam din ng mahiwagang pagkapanganak kay Jesus. Nga-yon ay wala siyang mapagtapatan ng kaniyang mga pagasa at mga alalahanin. Ang nakaraang dalawang buwan ay totoong napakalungkot. Siya'y napahiwalay kay Jesus, na tangi niyang kaaliwan; binulay-bulay niya ang mga salita ni Simeon na, "Isang tabak ang maglalagos sa iyong kaluluwa" (Lukas 2:35); at nagunita niya ang tatlong araw ng kadalamhatian nang si Jesus ay mawala at ang akala niya'y hindi na niya Ito makikita kailanman; at balisa ang pusong hinintay niya ang pagbabalik Nito.

Dito sa piging ng kasalan ay nakita niya uli si Jesus, ang dati ring magiliw at masunuring Anak. Nguni't may ipinagbago na Siya. Nagbago na ang Kaniyang mukha. May mga bakas na iyon ng pakikipagtunggali Niya doon sa ilang, at isang bagong anyo ang dangal at kapangyarihan ang naghahayag ng Kaniyang layunin o misyong makalangit. May kasama Siyang mga kabataan, na buong galang na sinusundan Siya ng tingin, at sa Kaniya'y tumatawag [181]
ng Guro. Ang mga kasamang ito ay siyang nagulat kay Maria ng lahat nilang nakita at narinig sa pagbibinyag at sa iba pang dako. Sa katapusan ng kanilang pagbabalita ay idinugtong nila ang wikang, "Nasumpungan namin yaong isinulat ni Moises sa kautusan, at gayon din ng mga propeta." Juan 1:45.

Nang magkaipun-ipon na ang mga panauhin, ang marami ay waring may mahalagang-mahalagang pinag-uusapan. Isang pigil na paghahayag ng damdamin ang naghahari sa lahat. Sabik nguni't marahang nagsisipag-usap ang mga tao nang pulu-pulutong, at paminsan-minsa'y pinupukol nila ng tinging nagtataka o namamangha ang Anak ni Maria. Si Maria naman ay natuwa nang marinig niya ang mga ibinalita ng mga alagad tungkol kay Jesus, at inasahan niyang hindi rin mabibigo ang malaon na niyang hinihintay. Palibhasa'y ina, di-sasalang sa kaniyang puso ay nagkakahalo ang pagmamalaki at ang banal na katuwaan. Nang matanaw niya ang maraming nagpupukol ng sulyap kay Jesus, ay minithi niyang sana'y patunayan ni Jesus sa karamihang naroroon na Siya nga ang Pinarangalan ng Diyos. Sabik na sabik siyang umasa na magkaroon

sana ng pagkakataong si Jesus ay gumawa ng isang kababalaghan sa harap nila.

Kaugalian noon na ang mga piging ng kasalan ay tumatagal o nagpapatuloy nang mga ilang araw. Sa pagkakataong ito, na magwawakas na ang kasayahan ay nasumpungang ubos na ang alak. Lumikha ito ng kagulumihanan at pagsisisihan. Hinding-hindi karaniwang dimaghain ng alak sa mga gayong kasayahan, at pagka nawala ang alak ay wari manding iyon ay nagpapahiwatig ng kawalan ng diwang mapagpatuloy sa mga nagpiging. Palibhasa'y kamag-anak si Maria ng mga ikinasal, kaya nagmalasakit siyang tumulong sa mga paghahanda, at ngayo'y lumapit siya kay Jesus, na nagsasabi, "Wala silang alak." Ang pangungusap na ito ay isang mungkahi kay Jesus na kung maaari'y bigyan Niya sila ng alak
[182] na kanilang kailangan. Nguni't sumagot si Jesus, "Babae, anong pakialam Ko sa iyo? Hindi pa dumarating ang oras Ko."

Ang sagot na ito, bagama't sa pandinig ay waring pabigla at magaspang, ay hindi naman naghahayag ng pagwawalang-galang o ng malamig na pakikitungo sa magulang. Ang paraan ng pagkasagot ng Tagapagligtas sa Kaniyang ina ay naalinsunod sa kaugalian ng mga taga-Silangan. Ito ang talagang ginagamit pagka ang kinaka-usap ay taong iginagalang. Lahat ng gawa ni Kristo no-ong Siya'y nasa lupa ay pawang kaayon ng kautusang Siya na rin ang nagbigay, "Igalang mo ang iyong ama at ang iyong ina." Exodo 20:12. Sa pagkakabayubay sa krus, sa kahuli-hulihan Niyang pagpapakita ng pagmamahal at paggalang sa Kaniyang ina, ay muli Niya siyang kinausap sa ganyan ding paraan, nang ipagkatiwala Niya siya sa mairuging pagkakandili ng pinakamamahal Niyang alagad. Kaya sa kasalan at sa krus, ang Kaniyang pagma-mahal na binigkas ng mga labi at inihayag ng tingin at anyo, ay sapat-sapat na nagpaliwanag ng Kaniyang mga salita.

Sa pagdalaw ni Kristo sa templo noong Siya'y bata pa, nang mabuksan na sa harap Niya ang mahiwaga Niyang gawain, ay sin-abi Niya kay Maria, "Hindi baga talastas ninyo na dapat Akong maglumagak sa gawain ng Aking Ama?" Lukas 2:49. Ang pan-gungusap na ito ay siyang pambungad na pahayag ng Kaniyang buong buhay at paglilingkod. Lahat ng bagay ay ipinailalim Niya sa Kaniyang gawain, ang dakilang gawain ng pagtubos na siya Niyang ipinarito sa sanlibutan. Ngayo'y inulit Niya ang aral. May panganib

na ituring ni Maria na ang kaniyang pagka-ina ay nagbibigay sa kaniya ng tanging pagaangkin kay Jesus, at ng karapatan na pag-utusan niya Siya sa Kaniyang gawain. Sa loob ng tatlumpung taon, si Jesus ay naging isang mairugin at masunuring Anak, at ang pag-ibig Niya ay hindi naman nagbago; nguni't ngayo'y kailangan nang [183]
asikasuhin Niya ang gawain ng Kaniyang Ama. Sapagka't Anak Siya ng Kataas-taasan, at Tagapagligtas pa ng sanlibutan, ay hindi dapat na Siya'y mapigilan o mahadlangan sa Kaniyang misyon o layunin ng kahit na anong mga ugnayan sa lupa. Dapat Siyang tumindig na malaya sa pagganap ng kalooban ng Diyos. Aral din naman ito sa atin. Ang mga inaangkin o hinihingi ng Diyos ay siyang dapat unahin kaysa pagkakamaganak. Ang anumang bagay na makalupa ay hindi marapat na magpahiwalay sa atin sa landas na Kaniyang pinalalakaran.

Ang kaisa-isang pag-asa na matubos ang ating lahing nagkasala ay na kay Kristo; at si Maria man ay sa pamamagitan lamang ng Kordero ng Diyos makakasumpong ng kaligtasan. Wala siyang angking kagalingan sa ganang kaniyang sarili. Ang kaniyang pagka-ina ay hindi nagbibigay sa kaniya ng kaugnayan kay Jesus na tangi at iba kaysa lahat ng ma tao. Ito ang ipinakikilala ng mga salita ng Tagapagligtas. Nililinaw Niya ang pagkakaiba ng Kaniyang pagiging Anak ng tao at ng Kaniyang pagiging Anak ng Diyos. Ang taling pagkamagulang ay hindi naglalagay kay Maria sa isang kalagayang kapantay niya si Jesus.

Ang mga salitang, "Hindi pa dumarating ang oras Ko," ay nakaturo sa katotohanang ang bawa't kilos ng buhay ni Kristo sa lupa ay katuparan ng panukalang inilagay na noon pa mang mga panahong walang-pasimula. Hindi pa man Siya nananaog sa lupa, ay nalalagay na sa harap Niya ang panukalang iyon, na hustong-husto sa lahat ng kaliit-Iiitang bahagi. Nguni't nang Siya'y mamuhay na sa gitna ng mga tao, ay inakay Siya, hakbang-hakbang, ng kalooban ng Ama. Hindi Siya nagkulang gumawa nang sumapit ang takdang kapanahunan. May gayunding pagpapasakop na Siya'y naghintay hanggang sa sumapit ang takdang panahon.

Nang sabihin ni Jesus kay Maria na hindi pa duma- rating [184]
ang Kaniyang oras, ay sinasagot Niya ang isipang namamahay sa kalooban ni Maria—walang iba kundi ang pag-asang inaasam-asam niya at ng bansang Hudyo. Inasahan niyang ipakikilala ni Jesus na

Siya nga ang Mesiyas, at Siya ang uupo sa trono ng Israel. Nguni't hindi pa iyon ang panahon. Ang tinanggap ni Jesus ay hindi ang pagiging Hari ng Israel, kundi ang pagiging "isang Tao sa Kapanglawan, at bihasa sa kadalamhatian." Nguni't kahit na walang tiyak na pagkaalam si Maria sa Misyon ni Kristo, lubos na lubos naman ang tiwala niya sa Kaniya. Ang pagtitiwalang ito ang tinugon ni Jesus. At upang parangalan ang pagtitiwala ni Maria, at palakasin din ang pananampalataya ng mga alagad Niya, ay ginawa Niya ang unang kababalaghan. Makakasagupa ng mga alagad ang marami at mahihigpit na tukso na sisira sa pananampalataya nila. Sa ganang kanila ay talagang maliwanag ang mga hula na si Jesus nga ang siyang Mesiyas. At inasahan nila na ang mga namumuno sa relihiyon ay tatanggap din sa Kaniya nang may pagtitiwala na higit pa sa pagtanggap nila. Ipinahayag nila sa mga tao ang mga kahanga-hangang gawa ni Kristo at pati ang sarili nilang pagtitiwala sa Kaniyang misyon, nguni't sila'y nanggilalas at lubos na nabigo sa di-paniniwala, sa maling pagkakilala, at sa pagkagalit kay Jesus, na ipinakita ng mga saserdote at ng mga rabi. Ang mga kababalaghang unang ginawa ng Tagapagligtas ay siyang nagpalakas sa loob ng mga alagad upang masagupa ang ganitong hadlang.

Hindi nasiraan ng loob si Maria sa mga salita ni Jesus, kaya sa mga naglilingkod sa hapag ay sinabi niya, "Anuman ang sabihin Niya sa inyo, ay gawin ninyo." Sa ganyang paraan ginawa niya ang kaniyang magagawa upang maihanda ang daan para sa gawain ni Kristo.

Nakahanay sa tabi ng pintuan ang anim na malalaking tapayan, at inatasan ni Jesus ang mga utusan na punuin ng tubig ang mga ito.
[185] Ginawa iyon. Ngayon nang kaila- nganin na ang alak, ay nagsabi
[186] Siya, "Maglabas na kayo ngayon, at dalhin ninyo sa namamahala ng piging." Sa halip na tubig na siyang isinilid sa mga tapayan, ay alak ngayon ang lumabas. Walang kamalay-malay ang nama-mahala ng piging ni ang mga panauhin man na naubos na ang dating alak. At nang matikman ng namamahala ang dinala ng mga utusan, ay nasumpungan niyang higit na mahusay ito kaysa una niyang ininom, at ibang-iba kaysa inihain sa pasimula. Kaya nilapitan niya ang lalaking ikinasal, at kaniyang sinabi, "Ang bawa't tao ay unang inilalagay ang mabuting alak; at kung mangaka-inom nang mabuti

ang mga tao, ay saka inilalagay ang pinakamasama: nguni't ikaw ay itinira mo ang mabuting alak hanggang ngayon."

Kung paanong unang inihahain ng mga tao ang pina-kamabuting alak, at pagkatapos ay saka isinusunod ang pinakamasama, ganyan ang ginagawang pagbibigay ng sanlibutan. Ang kaniyang inialok ay maaaring nakalulugod sa mata at nakaaakit sa diwa, nguni't walang kasiyahang idinudulot. Ang alak ay pumapait, at ang katuwaan ay nagiging kalungkutan. Ang pinasimulan sa pamamagitan ng mga awitan at mga pagkakatuwaan ay nagwawakas sa pagkapagod at pagsasawa. Subali't ang mga kaloob o mga ibinibigay ni Jesus ay laging sariwa at bago. Ang piging na Kaniyang inihahanda sa kaluluwa ay laging nagdudulot ng kasiyahan at kagalakan. Ang bawa't bagong kaloob ay lalong nagbibigay ng kakayahan sa tumatanggap na pahalagahan at tamasahin ang mga pagpapala ng Panginoon. Siya ay nagbibigay ng biyaya sa biyaya. Hindi malalagot ang pagbibigay. Kung masagana ang kaloob na tinatanggap mo ngayon ay katunayan iyan na lalong masagana ang tatanggapin mo bukas, kung mananatili ka sa Kaniya. Ang mga sinalita ni Jesus kay Nathanael ay nagpapahayag ng batas ng pakikitungo ng Diyos sa mga anak ng pananampalataya. Sa bawa't bagong pagpapahayag ng Kaniyang pag-ibig, ay sinasabi Niya sa tumatanggap na puso, "Sumasam- [187]
palataya ka ba? Makikita mo ang mga bagay na lalong dakila kaysa rito." Juan 1:50.

Ang kaloob ni Kristo sa piging ng kasalan ay isang sagisag. Ang tubig ay kumakatawan sa pagbibinyag sa Kaniya sa kamatayan; ang alak ay kumakatawan naman sa pagbubuhos ng Kaniyang dugo patungkol sa mga kasalanan ng sanlibutan. Ang tubig na ibinuhos sa mga tapayan ay dinala ng mga kamay ng mga tao, subali't salita lamang ni Kristo ang makapagbibigay dito ng buhay. Ganyan din naman ang seremonyang nakaturo sa pagkamatay ng Tagapagligtas. Sa pamamagitan lamang ng kapangyarihan ni Kristo, na nilalakipan ng pananampalataya, nagkaroon ang mga ito ng bisa na mapalusog ang kaluluwa.

Ang salita ni Kristo ang nagbigay ng saganang alak sa piging. Napakasagana ang inilalaan Niyang biyaya na makapapawi ng mga kalikuan ng mga tao, at makababago at makabubuhay sa kaluluwa.

Sa unang piging o handang dinaluhan ni Jesus na kasama ang Kaniyang mga alagad, ay ibinigay Niya sa kanila ang kopa o sarong

sumasagisag sa Kaniyang gawain ng pagliligtas sa kanila. Sa Huling Hapunan ay ibinigay Niya ito uli, nang itatag Niya ang banal na seremonyang nagpapakilala ng Kaniyang pagkamatay "hanggang sa dumating Siya." 1 Corinto 11:26. At ang kalungkutan ng mga alagad dahil sa pag-alis ng kanilang Panginoon ay inaliw ng pangakong sila'y muling magkakasama-sama, nang sabihin Niyang, "Buhat ngayon ay hindi na Ako iinom nitong bunga ng ubas, hanggang sa araw na yaon na inumin Kong panibago na mga kasalo Ko kayo sa kaharian ng Aking Ama." Mateo 26:29.

Ang alak na ibinigay ni Kristo sa piging, at ang alak na ibinigay Niya sa Kaniyang mga alagad na sagisag ng Kaniyang dugo, ay tunay na katas ng ubas. Ito ang tinutukoy ng propeta Isaias nang
[188] sabihin niya ang tungkol sa bagong alak "na nasa kumpol," at saka Niya idinugtong ang wikang, "Huwag mong sirain; sapagka't iyan ay mapapakinabangan." Isaias 65:8.

Si Kristo ang nagbabala sa Israel sa Matandang Tipan na, "Ang alak ay manunuya, ang matapang na alak ay manggugulo, at sinumang napaliligaw sa kaniya ay hindi pantas." Kawikaan 20:1. At Siya na rin ay hindi naghanda ng ganyang inumin. Si Satanas ang tumutukso sa mga tao na uminom niyaong nakapagpapalabo ng isip at nakapagpapamanhid ng espirituwal na pakiramdam, nguni't si Kristo naman ang nagtuturo na ating pasukin ang mababa o hamak na likas ng laman. Ang buhay Niya ay isang halimbawa ng pagtanggi sa sarili. Upang mawasak Niya ang kapangyarihan ng masamang hilig ng panlasa, Siya'y nagbata ng pinakamahigpit na pagsubok na maaaring dumating sa buhay ng tao. Si Kristo ang nagbilin kay Juan Bautista na huwag uminom ng alak o ng anumang matapang na inumin. Siya ang nagbawal sa asawa ni Manoah na huwag uminom ng ganyang mga inumin. At naggawad Siya ng sumpa sa sinumang taong nagpapainom ng alak sa kaniyang kapwa. Hindi nga sinalungat ni Kristo ang sarili Niyang aral. Ang di-permentadong katas ng ubas na ibinigay Niya sa mga panauhin sa kasalan ay masarap at malamig na inumin. Iyon ang bumago sa panlasa upang mabalik sa wastong panlasa.

Nang purihin ng mga panauhin ang mahusay na uri ng alak, ay may mga nag-usisa na siyang naging dahilan ng pagpapaliwanag ng mga utusan kung paano nangyari ang kababalaghan. Sandaling namangha ang karamihan sa pag-iisip tungkol sa gumawa ng ka-

hanga-hangang kababalaghan. At nang makalipas ang ilang sandali na hanapin nila Siya, natuklasan nilang Siya pala'y matahimik nang nakaalis na hindi man namalayan ng Kaniyang mga alagad.

Ang pansin ng karamihan ay napabaling ngayon sa mga alagad. Ito ang kauna-unahang pagkakataong sumakanila na inamin [189] ang kanilang pananampalataya kay Jesus. Kanilang ibinalita ang kanilang nakita at narinig sa Jordan, at nabuhay sa puso ng marami ang pag-asa na ang Diyos ay nagbangon ng isang Tagapagligtas sa Kaniyang bayan. Nabalita ang kababalaghan sa buong purok na yaon, at umabot hanggang sa Jerusalem. Pamuling sinaliksik ng mga saserdote at ng matatanda ang mga hulang dumadaliri sa pagdating ng Mesiyas. Pinag-aralan nilang masikap ang misyon ng bagong gurong ito, na tahimik na lumitaw sa gitna ng bayan.

Ang ministeryo ni Kristo ay ibang-iba sa ministeryo ng matatandang Hudyo. Ang pagpapahalaga nila sa sali't saling sabi at seremonya ay siyang pumatay sa lahat nilang tunay na kalayaang umisip at gumawa. Namuhay sila na laging akibat ng pag-aalaalang baka sila marum-han o madungisan. Upang sila'y mapalayo sa "marurumi," sila'y bumubukod o humihiwalay, hindi lamang sa mga Hentil o sa mga taga-ibang bansa, kundi pati sa sarili nilang mga kababayan, na ni hindi man nila tinutulungan ni kinakaibigan man. Dahil sa patuloy na pagtutuon ng pansin sa mga bagay na ito, pinahina nila ang kanilang pag-iisip at pinakitid ang ginagalawan ng kanilang buhay. Ang halimbawa ng kanilang pamumuhay ay umakay sa lahat ng tao na maging hambog at mabalasik.

Pinasimulan ni Jesus na baguhin ang ganitong kala-gayan sa pamamagitan ng matalik na pakikipagkaibigan sa mga tao. Bagaman napakalaki ang Kaniyang pamimi-tagan sa mga utos ng Diyos, sinaway naman Niya ang pagbabanal-banalan ng mga Pariseo, at sinikap Niyang kalagin ang pagkakatali ng mga tao sa mga tuntunin at mga patakarang walang-kabuluhan. Kaniyang iginiba ang mga pader na naghihiwalay sa iba-ibang uri ng mga tao, upang mapaglapit-lapit Niya sila na tulad sa mga anak ng isang pamilya. At ang pagkakadalo Niya sa piging ng kasalan ay may layong siyang maging kauna-unahang hakbang sa pagsasakatuparan nito. [190]

Tinagubilinan ng Diyos si Juan Bautista na tumira sa ilang, upang siya'y maipagsanggalang sa impluwensiya ng mga saserdote at mga rabi, at maihanda sa isang tanging misyon o gawain. Nguni't

ang katipiran at pamumuhay niya nang nag-iisa ay hindi halimbawang pamamarisan ng mga tao. Si Juan na rin ay hindi nagsabi sa mga nakikinig sa kaniya na iwan nila ang kanilang mga hanapbuhay. Kundi inatasan niya sila na patunayan ang kanilang pagsisisi sa pamamagitan ng pagtatapat sa Diyos sa dakong doon sila tinawagan Nito.

Sinaway ni Jesus ang lahat ng anyo ng pagmamalabis, gayunma'y likas Niya ang mabuting pakikisama sa kapwa. Tinanggap Niya ang pagpapatuloy at pagmamagandang-loob ng lahat ng uri ng mga tao, na dinadalaw ang mga tahanan ng mayayaman at ng mga maralita, ang mga nag-aral at ang mga di-nag-aral, at sinikap Niyang alisin sa isip ng mga tao ang mga karaniwang bagay-bagay ng buhay at itaas sa mga bagay na ukol sa Diyos at sa walang hanggan. Hindi Niya tinulutan ang pagwawaldas, ni anino man ng karangyaang makasanlibutan ay hindi nakadungis sa Kaniyang marangal na ugali; gayunma'y nakasumpong Siya ng kaluguran sa mga panoorin ng malinis at marangal na kasayahan, at sa pamamagitan ng Kaniyang pagdalo ay sinang-ayunan Niya ang pagtitipong panlipunan. Ang kasalan ng mga Hudyo ay isang tampok na pangyayari, at ang pagsasaya dito ay hindi minasama ng Anak ng tao. Ang pagdalo ni Jesus sa piging na ito, ay nagbigay dangal sa pag-aasawa bilang isang samahang itinatag ng Diyos.

Sa Matandang Tipan at sa Bagong Tipan, ang pagsa-sama ng mag-asawa ay ginagamit na isang halimbawa ng magiliw at banal na pagsasamang naghahari kay Kristo at sa Kaniyang bayan. Sa isip ni Kristo ang mga pagsa-saya sa piging ng kasalan ay nakaturo sa dumarating na masayang araw pagka ipagsasama na Niya ang
[191] Kaniyang kasintahan sa bahay ng Kaniyang Ama, at ang Manunubos at ang mga tinubos ay uupong magkakasalo sa hapunan ng kasalan ng Kordero. Sinasabi Niya, "Kung paanong ang kasintahang-Ialaki ay nagagalak sa kasintahang-babae, gayon magagalak ang Diyos sa iyo." "Hindi ka na tatawagin pang Pinabayaan; ... kundi ikaw ay tatawaging Aking Kaluguran; ... sapagka't ang Panginoon ay nalulugod sa iyo." "Siya'y magagalak dahil sa iyo na may kagalakan; Siya'y magpapahinga sa Kaniyang pag-ibig, Siya'y magagalak sa iyo na may pag-awit." Isaias 62:5, 4; Zefanias 3:17. Nang ipatanaw ng Diyos sa apostol na si Juan sa pangitain ang mga bagay sa langit, ay ganito ang isinulat niya: "At narinig ko ang gaya ng isang tinig ng

isang makapal na karamihan, at gaya ng lagaslas ng maraming tubig, at gaya ng ugong ng mala-lakas na kulog na nagsasabi, Aleluya: sapagka't naghahari ang Panginoong ating Diyos na makapangyarihan sa lahat. Tayo'y mangagalak at tayo'y mangagsayang mainam, at Siya'y ating luwalhatiin: sapagka't dumating ang pagkakasal sa Kordero, at ang Kaniyang asawa ay nahahanda na." "Mapapalad ang mga inanyayahan sa paghapon sa kasalan ng Kordero." Apocalipsis 19:6, 7, 9.

Bawa't tao ay itinuring ni Jesus na isang dapat anyayahang pumasok sa Kaniyang kaharian. Napaamo Niya ang loob ng mga tao sa pamamagitan ng pakikisama sa kanila bilang isa na ang hangarin ay ang sila'y mapabuti. Hinanap Niya sila sa mga lansangang daan, sa bahay-bahay, sa mga daong, sa mga sinagoga, sa mga tabi ng dagat, at sa piging ng kasalan. Pinaghanap Niya sila sa kanilang pang-araw-araw na hanap-buhay, at ipinakilala Niyang Siya'y nagmamalasakit sa kanilang mga kabuhayan. Dinala Niya sa mga tahanan ang Kaniyang pagtu-turo, at tinipon Niya ang mga mag-a-mag-anak sa sariling mga tahanan nila sa impluwensiya ng Kaniyang banal na pakikiharap. Ang Kaniyang nakapupukaw na pagtinging personal ay nakatulong upang mahikayat ang mga puso. Madalas Siyang umaakyat sa bundok upang manalanging nag-iisa, nguni't ito'y up- [192]
ang mahanda Siyang maglingkod sa mga tao. Pagkagaling Niya sa ganitong mga panana-langin ay lumalabas Siya upang magpagaling ng mga maysakit, upang magturo sa mga walang-nalalaman, at upang pawalan ang mga bihag ni Satanas.

Sinanay ni Jesus ang Kaniyang mga alagad sa personal na pakikipagtagpo at pakikisama sa mga tao. Kung minsan ay tinuturuan Niya sila, na nakikiumpok sa gitna nila sa tabi ng bundok; kung minsan ay sa tabi ng dagat, o kaya'y lumalakad na kasama nila sa daan, at inihahayag sa kanila ang mga hiwaga ng kaharian ng Diyos. Hindi Niya sila sinisermonang tulad ng ginagawa ng mga mangangaral ngayon. Saanman may mga taong handang tumanggap ng pabalita ng Diyos, ay inihahayag Niya doon ang mga katotohanan ng daan ng kaligtasan. Hindi Niya inutusan ang Kaniyang mga alagad na gawin ito o iyan, kundi ang sinabi Niya'y "Sumunod kayo sa Akin." Sa mga paglalakad Niya sa mga bukid at sa mga bayan ay isinama Niya sila, upang mangakita nila ang paraan ng pagtuturo

Niya sa mga tao. Ikinawing Niya ang interes nila sa Kaniya, at sila naman ay nakiisa sa Kaniya sa gawain.

Ang halimbawa ni Kristo sa pag-uugnay ng sarili Niya sa mga interes ng sangkatauhan ay dapat sundin ng lahat na nangangaral ng Kaniyang salita, at ng lahat ng nagsitanggap ng ebanghelyo ng Kaniyang biyaya. Hindi natin dapat talikdan ang pakikisama sa lipunan. Hindi natin dapat ihiwalay o ibukod ang ating mga sarili sa iba. Upang malapitan natin ang lahat ng uri ng tao, ay dapat natin silang lapitan kung saan sila naroroon. Bibihirang sila ang kusang lalapit sa atin. Hindi lamang sa sermong buhat sa pulpito naaantig ng katotohanan ng Diyos ang puso ng mga tao. May isa pang dako ng paglilingkod, na bagama't sa tingin ay higit na mababa, ay lubos ding nangangako ng bunga. Ito ay natatagpuan sa tahanan ng mga
[193] aba, at sa malapalasyong tahanan ng mga dakila; sa hapag kainang buong pusong ipinag-anyaya, at sa mga pagtitipong ukol sa malinis na pagsasayang sosyal.

Bilang mga alagad ni Kristo ay hindi tayo makikisama sa sanlibutan nang dahil sa pag-ibig sa kalayawan, upang makiisa sa kanila sa walang kabuluhang pagsa-saya. Ang ganyang mga pagsasamasama ay nauuwi la-mang sa masama. Huwag natin kailanmang papayagan ang kasalanan sa pamamagitan ng ating mga salita o ng ating mga gawa, ng ating pananahimik o ng ating pakikiharap. Saanman tayo pumaroon, ay ipagsasama natin si Jesus, at ipakikita natin sa mga iba ang kahalagahan ng ating Tagapagligtas. Datapwa't ang mga nagkukubli ng kanilang relihiyon sa loob ng mga pader na bato ay nawawalan ng mahahalagang pagkakataon sa naggawa ng mabuti. Sa pamamagitan ng pakikisama sa lipunan, ay nakakatagpo ng Kristiyanismo ang sanlibutan. Ang bawa't nakatanggap ng banal na liwanag ay dapat namang tumanglaw sa dinaraanan ng mga hindi pa nakakakilala sa Ilaw ng buhay.

Tayong lahat ay dapat maging mga saksi ni Jesus. Ang kapangyarihang panlipunan, na pinabanal ng biyaya ni Kristo, ay dapat gamitin sa paglalapit ng mga kaluluwa sa Tagapagligtas. Ipakita natin sa sanlibutan na tayo'y hindi mga makasarili na ang inaasikaso ay ang sarili lamang nating mga kapakanan, kundi hangad din naman nating makasalo ang mga iba sa mga pagpapala at mga karapatang ibinibigay sa atin ng Diyos. Ipakita natin sa kanila na ang relihiyon natin ay hindi tayo ginagawang mga di-madamayin o mapaghanap.

Kaya nga lahat ng nagpapanggap na nasumpungan nila si Kristo, ay mangaglingkod namang gaya ng ginawa Niya upang ikabuti ng mga tao.

Kailanma'y huwag nating bigyan ang sanlibutan ng maling pagkakilala na ang mga Kristiyano ay mga taong malulungkutin, na di-maligaya. Kung nakatitig kay Jesus ang mga mata natin, ay makikita natin ang isang ma- awaing Manunubos, at sisilay sa atin [194]
ang liwanag na nagbubuhat sa Kaniyang mukha. Saanman naghahari ang Kaniyang Espiritu, ay namamahay doon ang kapayapaan. At magkakaroon din naman ng kaligayahan, sapagka't may tahimik at banal na pagtitiwala sa Diyos.

Nasisiyahan si Kristo sa mga sumusunod sa Kaniya pagka ipinakikita nila na, bagaman sila'y tao, ay sila'y nakakabahagi ng banal na likas. Hindi sila mga estatuwa, kundi mga buhay na lalaki at babae. Ang mga puso nila, na dinididilig ng mga hamog ng biyaya ng Diyos, ay bumubuka at lumalaki sa harap ng Araw ng Katwiran. Ang ilaw na lumiliwanag sa kanila ay pinasisilang din naman nila sa mga iba sa pamamagitan ng mga gawang nagniningning sa pag-ibig ni Kristo. [195]

## Kabanata 16—Sa Kaniyang Templo

Ang kabanatang ito ay batay sa Juan 2:12-22.

"Pagkatapos nito ay lumusong Siya sa Capernaum, Siya, at ang Kaniyang ina, at ang Kaniyang mga kapatid, at ang Kaniyang mga alagad: at sila'y nangatira roong hindi maraming araw. At malapit na ang Paskuwa ng mga Hudyo, at umahon si Jesus sa Jerusalem."

Sa lakarang ito, ay sumabay si Jesus sa isang malaking pulutong na patungo sa pangulong-bayan. Hindi pa Niya hayag na ibinubunyag ang Kaniyang misyon o layunin, at Siya'y nakihalo sa karamihan na walang sinumang nakahalata. Sa ganitong mga lakaran, ay malimit pag-usap-usapan ang pagdating ng Mesiyas, bagay na siyang pinakaliwa-liwanag ng pangangaral ni Juan. Ang pinakaaasam-asam na pagdakila ng bansa ay siyang ma-alab na pinag-uusapan. Alam ni Jesus na mabibigo ang pag-asang ito, dahil sa ito'y nakasalig sa lisyang pakahu-lugan sa Mga Kasulatan. Taglay ang kasigasigang ipinaliwanag Niya sa kanila ang mga hula, at sinikap na maantig ang mga tao sa lalong masusing pag-aaral ng salita ng Diyos.

Sinabi ng mga pinunong Hudyo sa mga tao na sa Jerusalem ay tuturuan silang sumamba sa Diyos. Dito'y nagtitipon kung Paskuwa ang maraming bilang ng mga tao, na nanggagaling kung saan-saang
[196] dako ng Palestina, at may sa malalayo pang bansa. Ang mga patyo ng templo ay puno ng halu-halong karamihan. Ang marami dito ay hindi nakapagdala ng mga hayop na panghandog upang kumatawan sa dakilang Sakripisyo. Para sa ganitong mga tao ay may nabibili at ipinagbibiling mga hayop sa labas ng bakod ng patyo. Dito'y sama-sama ang lahat ng uri ng mga tao na bumibili ng kanilang maihahandog. At dito rin ay pinapalitan ng salapi ng santuwaryo ang sari-saring salapi.

Bawa't Hudyo ay pinapagbabayad taun-taon ng kalahating siklo na "pinakatubos sa kaniyang kaluluwa;" at ang salaping nalilikom dito ay ginugugol sa mga panga-ngailangan ng templo. Exodo

30:12-16. Bukod dito, nagbibigay pa ang mga tao ng malalaking handog na kusangloob, upang ilagak sa kabang-yaman ng templo. At ipinagbibilin na ang lahat ng salaping dayuhan ay papalitan ng salapi ng templo na kung tawagin ay siklo, at ito ang tinatanggap sa paglilingkod sa santuwaryo. Ang pagpapalit ng salapi ay nagbigay ng pagkakataon sa pagdaraya at panghuhuthot, at ito'y naging isang malaking nakahihiyang hanap-buhay, na pinagmulan ng kinikitang salapi ng mga saserdote.

Ang mga nagbibili ay sumisingil nang napakamahal sa mga hayop na kanilang ipinagbibili, at sa mga pakinabang nila rito ay hinahatian nila ang mga saserdote at ang mga pinuno, na sa ganitong paraan nagsisiyaman at mga tao ang nakukuwartahan at napahihirapan. Pinapaniwala ang mga sumasamba na kung hindi sila maghahandog ng hain, ay hindi pagpapalain ng Diyos ang kanilang mga anak o ang kanila mang mga lupain. Kaya nga mahal ang ibinabayad sa mga hayop na panghandog; sapagka't pagkatapos na ang mga tao'y manggaling sa malayo, ay hindi sila nagsisiuwi sa kani-kanilang mga tahanan nang hindi muna ginaganap ang gawang paghahandog na kanilang ipinaroon.

Maraming bilang ng mga hayop ang inihahandog sa panahon [197]
ng Paskuwa, at ang mga napapagbilhan sa templo ay napakalalaki. Ang gulo at kaingayan ay nagpapakilalang ito ay pamilihan ng mga hayop at hindi banal na templo ng Diyos. Naririnig ang malalakas na tawaran, ang ungaan ng mga baka, ang iyakan ng mga tupa, ang hunihan ng mga kalapati, na nahahaluan ng kalansing ng salapi at ang mainitang pagtatalo sa tawaran. Gayon na lamang kalaki ang kaguluhan na anupa't nagagambala ang mga sumasamba, at ang mga panalanging iniuukol sa Kataas-taasan ay nalulunod sa ingay na pumapasok sa templo. Labis na ipinagyayabang ng mga Hudyo ang kanilang kabanalan. Ipinagmamalaki nila ang kanilang templo, at itinuturing nilang isang pamumusong o kalapastanganan ang anumang pamimintas dito; totoong napakaingat nila sa pagganap ng mga seremonyang nauukol dito; subali't ang kabanalan nila ay nadadaig ng pag-ibig nila sa salapi. Hindi na nila nahalatang sila ay lubhang napalayo na sa orihinal na panukala ng paglilingkod na itinatag ng Diyos na rin.

Nang bumaba ang Panginoon sa Bundok ng Sinai, ang dakong iyon ay pinabanal ng Kaniyang pakikiharap. Si Moises ay inutusang

maglagay ng hangganan o bakod sa palibot ng bundok at pabanalin iyon, at ang salita ng Panginoon ay narinig na nagbababala: "Mag-ingat kayo, na kayo'y huwag sumampa sa bundok, o sumalang sa hangganan: sinumang sumalang sa bundok ay papatayin na walang pagsala: walang kamay na hihipo sa kaniya, kundi siya'y tunay na babatuhin, o papanain; maging siya'y hayop o tao, ay hindi mabubuhay." Exodo 19:12, 13. Sa ganyang paraan itinuro ang aral na saanmang dako nakikiharap ang Diyos, ay banal ang dakong iyon. Ang mga looban ng templo ng Diyos ay dapat ituring na banal. Nguni't dahil sa pagsusumakit sa pakinabang na salapi, ay hindi na nila nakita ang lahat ng ito.

[198] Ang mga saserdote at mga pinuno ng bayan ay tinawag upang maging mga kinatawan ng Diyos sa bansa; dapat sanang itinuwid nila ang mga pagmamalabis o kalapastanganang ito sa templo. Dapat sanang nakapagbigay sila sa mga tao ng isang halimbawa ng kalinisangbudhi at pagkamaawain. Sa halip na pagsumakitan nila ang kapakinabangang pansarili, dapat sanang inalagata nila ang kalagayan at mga pangangailangan ng mga sumasamba, at dapat sanang naging handa sila na tulungan yaong mga walang ikakayang bumili ng kinakailangang mga panghandog. Nguni't hindi nila ginawa ito. Ang pagiging-gahaman sa salapi ang siyang nagpatigas ng kanilang mga puso.

May mga nagpunta sa kapistahang ito na mga dumaranas ng pananalat at kagipitan. Naroon ang mga bulag, mga pilay, at mga bingi. May mga dinala pa roon na usong-usong sa kanilang higaan. Marami ang nagsiparo-on na talagang walang maibili ng kahit na pinakamurang handog para sa Panginoon dahil sa labis na karukhaan, totoong dukha na anupa't walang pambili man lamang ng pagkaing maipagtatawid-gutom nila. Ang mga ito ay lubhang nababagabag ng mga pahayag ng mga saserdote. Ipinagyayabang ng mga saserdote ang kanilang kabanalan; nagpapanggap silang sila ang mga pinaka-ama ng bayan; subali't hindi naman sila marunong dumamay o mahabag man. Ang mga maralita, mga maysakit, at mga naghihingalo ay nagsisihingi sa kanila ng tulong, nguni't wala silang ginagawa. Ang kanilang paghihirap at pagdurusa ay hindi man nakapukaw ng habag sa puso ng mga saserdote.

Nang dumating si Jesus sa templo, ay natanaw Niya ang buong pangyayari. Nakita Niya ang mga pagdadayari. Nakita Niya ang

pagkagulumihanan ng mga dukha, na nag-iisip na dahil sa sila'y walang maihahandog ay hindi na sila patatawarin sa kanilang mga kasalanan. Nakita Niya ang labas ng patyo ng Kaniyang templo na naging isang dako ng makasalanang pagkakalakalan. Ang banal na [199] looban ay naging isang malaking dakong palitan ng kuwarta.

Ipinasiya ni Kristo na kumilos agad. Maraming seremonyang ipinag-uutos sa mga tao na hindi naman tumpak na itinuturo ang tungkol sa kahalagahan at kahulugan niyon. Ang mga sumasamba ay nag-aalay ng kanilang mga handog nang di nila nauunawaan na iyon ay sumasagisag sa isang tanging sakdal na Handog. At naroon sa gitna nila, na di-nakikilala at di-napararangalan, ang Isa na sinasagisagan ng lahat nilang handog. Siya ang nagbigay ng lahat na tagubilin tungkol sa mga paghahandog. Alam Niya ang kahalagahan ng mga sagisag na ito, at nakita Niyang ito ngayon ay mga isininsay at binigyan ng maling kahulugan. Ang pagsambang espirituwal ay matuling nawawala. Ang mga saserdote at mga pinuno ng bayan ay hindi napapaugnay sa kanilang Diyos. Kaya ang ginawa ni Kristo ay nagtatag Siya ng ganap na ibang paraan ng pagsamba.

Taglay ang nananaliksik na paninging tumayo. si Kristo sa hagdan ng templong paharap sa patyo at tinanaw ang buong panooring nakaharap sa Kaniya. Natanaw ng mata Niyang nakahuhula ang dumarating na hinaharap at nakita Niya, hindi lamang ang mga taon, kundi ang mga daan-daang taon din naman at mga panahon. Nakita Niya ang mga saserdote at mga pinuno ng bayan na ililihis sa matuwid ang mga mapagkailangan, at ipagbabawal na ipangaral ang ebanghelyo sa mga dukha. Nakita Niya kung paano itatago sa mga makasalanan ang pag-ibig ng Diyos, at ang Kaniyang biyaya ay gagawing kalakal ng mga tao. Nang matanaw Niya ang lahat ng ito, ay nabadha sa Kaniyang mukha ang galit, kapamahalaan, at kapangyarihan. Ang pansin ng mga tao ay napatuon sa Kaniya. Ang mga mata ng mga nagsisipangalakal ay napabaling sa Kaniyang mukha. Hindi nila mabawi-bawi ang kanilang tingin. Nararamdaman nilang parang nababasa ng Taong ito ang mga lihim nilang iniisip, at nasisiyasat ang mga nakatago nilang panukala. Tinangka [200] ng ilan na itago ang kanilang mukha, na para bagang naka-sulat doon ang masasama nilang gawa, at iyon ay masi-siyasat ng mga nananaliksik na matang iyon.

Napatigil ang kaguluhan. Napahinto ang ingay ng pagbibilihan at pagtatawaran. Nakabibingi ang katahimikan. Isang malaking takot ang lumukob sa kapulungan. Para bagang ang lahat ay nililitis sa harap ng hukuman ng Diyos upang managot sa kanilang mga ginawa. Pagtingin nila kay Kristo, ay namasdan nila ang sinag ng pagkaDiyos na bumabalot sa Kaniyang katawang-tao. Ang Hari ng langit ay nakatayong gaya ng gagawing pagtayo ng Hukom sa huling araw—ang kulang nga lamang ngayon ay ang kaluwalhatiang lulukob sa Kaniya sa panahong iyon, nguni't taglay din ang kapangyarihang iyon na nakababasa ng kaluluwa. Lumibot ang Kaniyang paningin sa buong karamihan, na tinititigan ang bawa't tao. Ang Kaniyang anyo ay waring nakahihigit sa kanila sa taglay na nakapanganganinong karangalan, at isang maluwalhating sinag ang namamanaag sa Kaniyang mukha. Nagsalita Siya, at ang Kaniyang malinaw at tumataginting na tinig—yaon ding tinig na nagpahayag ng Sampung Utos sa Bundok ng Sinai na ngayo'y nilalabag ng mga saserdote at ng mga pinuno ng bayan—ay narinig na naghumugong sa mga balantok ng templo: "Alisin ninyo rito ang mga bagay na ito; huwag ninyong gawing bahay-kalakal ang bahay ng Aking Ama."

Dahan-dahang Siya'y nanaog sa hagdan, at itinaas ang mga lubid na panghampas na dinampot Niya sa pagpasok sa patyo, at saka Niya inatasan ang mga taong nagbibilihan na magsilayas sa patyo ng templo. Taglay ang sigasig at kabagsikang hindi pa nakita sa Kaniya nang una, ipinagtataob Niya ang mga hapag ng mga mama-malit ng salapi. Sumabog ang mga kuwarta, na kumalansing nang matag-inting sa pabimentong marmol. Walang nangahas na magtanong
[201] tungkol sa kapangyarihan Niyang gumawa ng gayon. Wala ring nangahas na pumulot ng sumabog nilang salapi. Hindi sila hinagupit ni Jesus ng panghampas na lubid, nguni't sa Kaniyang kamay ang karaniwang panghampas na iyon ay waring kakila-kilabot na gaya ng isang nagniningas na tabak. Ang mga pinuno sa templo, ang mga kasabuwat na saserdote, ang mga mamamalit ng salapi at mga nagbibili ng mga hayop, pati ng kanilang mga tupa at mga baka, ay pawang nangagsilabas, na ang nasa isip lamang ay ang makatakas sa harap ng Kaniyang paghatol.

Sinalakay ng takot ang karamihan, na nakaramdam na nakayungyong sa kanila ang Kaniyang pagka-Diyos. Mga sigaw ng pagkasindak ang namulanggos sa daan-daang mapuputlang labi.

Pati mga alagad ay nagsipangatal. Inalihan sila ng sindak dahil sa sinalita at inasal ni Jesus, na ibang-iba sa karaniwang nakikita sa Kaniya. Naalaala nila na tungkol sa Kaniya ay ganito ang nasu-sulat, "Napuspos Ako ng sikap sa Iyong bahay." Awit 69:9. Kagyat na napalis sa templo ng Panginoon ang magulong karamihan kasama ang kanilang mga kalakal. Nalinis ang patyo sa magulong pagbibili-han, at isang paik-pik at banal na katahimikan ang naghari sa dating pook ng kaguluhan. Ang pakikiharap ng Panginoon, na nagpabanal sa Bundok ng Sinai noong unang panahon, ay siya ring nagpabanal ngayon sa templong itinayo sa Kaniyang karangalan.

Sa paglilinis na ito sa templo, ay ibinunyag ni Jesus ang layunin Niya sa pagiging Mesiyas, at ang pagsisimula Niya sa Kaniyang gawain. Ang templong yaon, na itinayo upang maging tahanan ng Diyos, ay ginamit na isang halimbawang pag-aaralan ng Israel at ng sanlibutan. Buhat pa nang mga panahong walang-hanggan ay panukala na ng Diyos na ang bawa't nilalang, magmula sa marilag at banal na serapin hanggang sa tao, ay maging isang templong pananahanan ng Maykapal. Dahil sa kasalanan, ang tao ay hindi na maaaring maging templo ng Diyos. Palibhasa ang puso ng tao [202]
ngayon ay pinadilim at dinumhan ng kasamaan, hindi na ito nagha-hayag ng kaluwalhatian ng Diyos. Nguni't nang magkatawang-tao ang Anak ng Diyos, ay natupad din ang panukala ng langit. Tu-matahan ngayon ang Diyos sa tao, at sa pamamagitan ng Kaniyang nagliligtas na biyaya ay muling nagiging templo Niya ang puso ng tao. Pinanukala ng Diyos na ang templong nasa Jerusalem ay mag-ing isang palaging patotoo sa marangal at matayog na kapalarang itinaan sa bawa't kaluluwa. Subali't hindi napag-unawa ng mga Hudyo ang kahulugan ng pagtatayo ng templong labis-labis nilang ipinagmalaki. Hindi nila isinuko sa Banal na Espiritu ang kanilang mga sarili. Ang mga patyo ng templong nasa Jerusalem, na puno ng magulong pagka-kalakalan, ay tunay na tunay na kumatawan sa templo ng kanilang puso, na dinungisan ng kanilang mahahalay na damdamin at mga hamak na isipan. Nang linisin ni Jesus ang templo sa mga mamimili at mga nagbibili, ay inihayag Niya ang Kaniyang layunin na linisin ang puso ng tao sa lahat ng dungis ng kasalanan—sa mga hanga-ring makalupa, sa mga pita ng sarili, sa masasamang kaugalian, na sumisira sa kaluluwa. "Ang Panginoon na inyong hinahanap. ay biglang paroroon sa Kaniyang templo, at ang sugo ng

tipan, na inyong kinaliligayahan: narito, Siya'y dumarating, sabi ng Panginoon ng mga hukbo. Nguni't sino ang makatatahan sa araw ng Kaniyang pagparito? at sino ang tatayo pagka Siya'y pakikita? sapagka't Siya'y parang apoy ng mandadalisay at parang sabon ng mga tagapagpaputi: at Siya'y uupong tulad sa mandadalisay at tagapagpakintab ng pilak: at Kaniyang lilinisin ang mga anak ni Levi, at dadalisayin silang parang ginto at pilak." Malakias 3:1-3.

"Hindi ba ninyo nalalaman na kayo'y templo ng Diyos, at ang Espiritu ng Diyos ay tumatahan sa inyo? Kung gi-bain ng sinuman ang templo ng Diyos, siya'y igigiba ng Diyos; sapagka't ang templo
[203] ng Diyos ay banal, na ang templong ito ay kayo." 1 Corinto 3:16, 17. Walang sinu-mang taong sa sarili niya ay makapagpapalayas ng masamang pulutong na namamahay sa kaniyang puso. Si Kristo lamang ang makapaglilinis sa templo ng kaluluwa. Nguni't hindi Siya magpipilit pumasok. Papasok Siya sa puso, hindi tulad sa pagpasok Niya sa templo nang una; kundi ang wika Niya'y "Narito, Ako'y nakatayo sa pintuan at tumutuktok: kung ang sinuman ay duminig ng Aking tinig, at magbukas ng pinto, Ako ay papasok sa kaniya." Apocalipsis 3:20. Siya ay papasok, hindi sa isang araw lamang sapagka't sinasabi Niyang, "Mananahan Ako sa kanila, at lalakad Ako sa kanila; ... at sila'y magiging Aking bayan." "Kaniyang yayapakan ang ating kasamaan; at Iyong ihahagis ang lahat nilang mga kasalanan sa mga kalaliman ng dagat." 2 Corinto 6:16; Mikas 7:19. Ang pakikiharap Niya ay siyang lilinis at magpapabanal sa ka-luluwa,upang ito'y maging templong banal sa Panginoon, at "maging tahanan ng Diyos sa Espiritu." Efeso 2:21, 22.

Nagsitakas ang mga saserdote at mga pinuno ng bayan sa patyo ng templo dahil sa matinding takot, at dahil sa nananaliksik na sulyap na tumatagos sa kanilang mga puso. Sa kanilang pagtakas ay nasalubong nila anˆj mga ibang patungo sa templo, at ang mga ito ay pinagsabihan nilang magsibalik na rin, na inilalahad ang kanilang nakita at narinig. Naawa si Kristo sa mga taong ito na tumatakas dahil sa takot, at sa di-pagkabatid ng mga ito ng tunay na diwa ng pagsamba. Sa tanawing ito ay para Niyang nakita ang pananabog ng bansang Hudyo dahil sa kasamaan at di-pagsisisi ng mga ito.

At bakit nagsitakas sa templo ang mga saserdote? Bakit hindi sila nagmatigas? Ang nag-utos sa kanila na sila'y lumayas ay anak ng isang anluwage, isang abang Galileo, na walang mataas na katungku-

lan o kapangyarihan sa lupa. Bakit hindi nila nilabanan Siya? Bakit nila iniwan ang salaping buhat sa masamang pakinabang, at lumayas sila sa utos ng Isang ang kaanyuan ay napakaaba? [204]

Si Kristo'y nagsalitang may kapangyarihan ng isang hari, at ang Kaniyang anyo at tunog ng Kaniyang tinig, ay parang may lakas na hindi nila kayang labanan. Sa Kaniyang pag-uutos ay napagkilala nila nang higit kaysa nang una, na sila'y talagang mga mapagpaimbabaw at mga magnanakaw. Nang magliwanag ang pagka-Diyos sa Kaniyang katawang-tao, ay hindi lamang poot ang natanaw nilang nakahanda sa Kaniyang mukha; napagunawa rin nila ang kahulugan ng Kaniyang mga salita. Naramdaman ng Walang-hanggang Hukom, at sila'y ginagawaran ng hatol na pangwalang-hanggan. Saglit na sila'y naniwalang Siya ay isang propeta; at marami ang naniwalang Siya nga ang Mesiyas. Biglang ipinaalaala sa kanila ng Espiritu Santo ang mga sinabi ng mga propeta tungkol kay Kristo. Pahihinuhod kaya sila sa ganitong paniniwala?

Magsisi naman ay ayaw sila. Natalos nilang nagningas ngayon ang pagmamahal at pakikiramay ni Kristo sa mga dukha. Alam nilang sila'y nagkasala ng panghuhut-hot o pangingikil ng salapi sa mga tao. At palibhasa'y nabasa ni Kristo ang kanilang mga iniisip kaya napoot sila sa Kaniya. Ang Kaniyang lantarang pagsaway ay humiya sa kanila, at kanilang pinanaghilian ang Kaniyang lumalaking impluwensiya sa mga tao. Ipinasiya nga nilang usisain Siya sa kung anong kapangyarihan pinalayas Niya sila, at kung sino ang nagbigay sa Kaniya ng kapangyarihang ito.

Bumalik sila sa templo, na binibilang ang kanilang mga hakbang at nag-iisip, nguni't nagsisikip ang galit sa kanilang mga dibdib. Nguni't kaylaking pagbabago ang naganap sa pagkawala nila roon! Nang sila'y tumakas, naiwan doon ang mga dukha; at ang mga ito ang siya ngayong nakatingin kay Jesus, na ang Kaniyang mukha'y naghahayag ng Kaniyang pag-ibig at pakikiramay. Gumigiti ang luha sa Kaniyang mga mata, na sinabi Niya sa mga nangangatal na taong nangakapaligid sa Kaniya: Huwag kayong mangatakot; [205]
ililigtas Ko kayo, at luluwalhatiin ninyo Ako. Sapagka't ito ang dahilan ng Aking ipinarito sa sanlibutan.

Nagsiksikan ang mga tao sa harap ni Kristo na taglay ang mahahalaga't nakaaawang mga pakiusap: Panginoon, pagpalain Mo po ako. Dininig Niya ang bawa't daing. Dala ng malaking habag

na mahigit pa sa pagkahabag ng isang mapagmahal na ina na tinunghayan Niya ang maliliit na bata. Lahat ay Kaniyang inasikaso. Lahat ay pinagaling Niya sa anumang karamdamang taglay ng mga ito. Nakapagsalita ang pipi at pumuri sa Kaniya; nanga-dilat ang mga bulag at namasdan ang mukha ng Nagpagaling sa kanila. Ang mga puso ng mga nagdurusa ay napaligaya.

Nang tinatanaw ng mga saserdote at mga pinuno ng templo ang dakilang gawaing ito, anong laki ng kanilang panggigilalas sa kanilang mga napakinggan! Ibinabalita ng mga tao ang mga hirap at sakit na kanilang tiniis, ang kanilang mga nabigong pag-asa, at ang mga araw at mga gabing hindi nila itinutulog. Nang waring bigo na ang kahuli-hulihan nilang pag-asa, ay pinagaling sila ni Kristo. Napakabigat ng aking pasan, anang isa; nguni't nakatagpo ako ng katulong. Siya ang Kristo ng Diyos, kaya ihahain ko itong aking buhay sa paglilingkod sa Kaniya. Ang wika naman ng mga magulang sa kanilang mga anak, Sinagip Niya ang inyong buhay; ilakas ninyo ang inyong tinig at purihin ninyo Siya. At ang tinig ng mga bata at mga kabataan, ng mga ama at mga ina, at ng magkakaibigan at mga nanonood ay nagkalakip sa pagpapasalamat at pagpupuri. Nalipos ng pag-asa at ligaya ang kanilang mga puso. Kapayapaan ang suma-kanilang mga isip. Gumaling ang kanilang kaluluwa at katawan, at sila'y nagsiuwing ibinabalita saanman sila makarating ang walang kahulilip na pag-ibig ni Jesus.

Nang si Kristo'y nakabayubay sa krus, ang mga pinagaling na
[206] ito ay hindi nakisama sa pulutong ng masa- sama na nangagsisisi-
[207] gaw ng, "Ipako Siya sa krus, ipako Siya sa krus." Mahal nila si
Jesus, sapagka't nadama nila ang Kaniyang malaking pagmamahal at kahanga-hangang kapangyarihan. Napagkilala nilang Siya ang kanilang Tagapagligtas; sapagka't ipinagkaloob Niya sa kanila ang kanilang kalakasan at kalusugan ng katawan at kaluluwa. Nakinig sila sa pangangaral ng mga apostol, at nang pumasok sa kanilang puso ang salita ng Diyos ay nagkaroon sila ng unawa. Ginamit sila ng Diyos sa pagtulong at pagliligtas sa mga iba.

Ang lipumpon ng mga taong nagsitakas sa patyo ng templo ay dahan-dahan na ring nagsipagbalik pagkaraan ng ilang sandali. Ang takot na umali sa kanila ay humupa na nang bahagya, gayunma'y nakabadha pa rin sa kanilang mga mukha ang pagkapahiya at ang kawalan ng tiyak na gagawin. May pagtatakang pinanood nila ang

mga ginagawa ni Jesus, at sila'y naniwalang natupad sa Kaniya ang mga salita ng hula tungkol sa Mesiyas. Ang kasalanang. paglapastangan sa templo ay pasan ng mga saserdote. Sila ang may kagagawan kung bakit naging pamilihan ang patyo ng templo. Ang bayan ay walangkasalanan sa pangyayaring ito. Napagkilala nilang na kay Jesus ang kapangyarihan ng Diyos; subali't sa kanila ay nakapangibabaw ang impluwensiya ng mga saserdote at mga pinuno ng bayan. Itinuring nilang isang pagbabago ang layunin ni Kristo, at tinuligsa nila ang Kaniyang karapatang manghimasok sa mga bagay na pinahintulutan ng mga namumuno sa templo. Sila'y nangagalit dahil sa napahinto ang kalakalan, at pinatay nila ang mga sumbat ng Espiritu Santo.

Higit sa lahat ng iba ay dapat sanang ang mga saserdote at mga pinuno ang makakilala na si Jesus ay siyang Pinahiran ng langis ng Panginoon; dahil sa nasa kanilang mga kamay ang mga banal na kasulatang nag-sasaysay ng Kaniyang misyon o nilalayon, at alam nila na ang paglilinis ng templo ay isang paghahayag ng ka- [208]
pangyarihang hindi angkin ng tao. Bagama't galit na galit sila kay Jesus, ay hindi naman nila maalis-alis sa kanilang isip ang palagay na baka Siya nga ay isang propetang isinugo ng Diyos upang magsauli ng kabanalan ng templo. Taglay ang paggalang na bunga ng ganitong palagay, ay lumapit sila sa Kaniya na nagtatanong, "Anong tanda ang ipinakikita Mo sa amin, yamang ginagawa Mo ang mga bagay na ito?"

Pinagpakitaan sila ni Jesus ng isang tanda. Nang tang-lawan Niya ang kanilang mga puso, at gawin sa harap nila ang mga gawang gagawin ng Mesiyas, ay nagbigay na Siya ng kapani-paniwalang katibayan tungkol sa Kaniyang likas. Kaya nga nang humingi sila ngayon ng tanda, ay sinagot Niya sila sa pamamagitan ng isang talinhaga, na nagpapakilalang nabasa Niya ang masasama nilang iniisip, at nakita Niya kung hanggang saan sila ihahantong ng mga ito. "Gibain ninyo ang templong ito," wika Niya, "at sa tatlong araw ay itatayo Kong muli."

Sa mga salitang ito ay dalawang bagay ang ibig Niyang sabihin. Tinukoy Niya hindi lamang ang pagkagiba ng templo at pagsamba ng mga Hudyo, kundi pati ng Kaniyang pagkamatay—ang pagkagiba ng templo ng Kaniyang katawan. Ito na nga ang binabalak nila ngayon. Nang bumalik sa templo ang mga saserdote at mga pinuno

ng bayan, ay panukala na nilang patayin si Jesus, upang wala nang makagulo sa kanila. Gayunma'y nang ilantad Niya sa harap nila ang lahat nilang binabalak, ay hindi nila Siya naintindihan. Sinapantaha nilang ang tinutukoy Niya ay ang templo sa Jerusalem, kaya sila'y galit na sumigaw, "Apatnapu't anim na taong ginawa ang templong ito, at itatayo Mo sa tatlong araw?" Ngayo'y nadama nilang binigyang-katwiran ni Jesus ang hindi nila pagsampalataya, at sila'y nagtibay sa kanilang pagtanggi sa Kaniya.

Hindi binalak ni Kristo na ang mga salita Niya ay maintindihan
[209] ng mga di-sumasampalatayang Hudyo, ni ng mga alagad man Niya sa panahong ito. Talos Niyang ito'y bibigyan ng mga kaaway Niya ng maling pakahu-lugan, at gagamitin pang panlaban sa Kaniya. Sa paglilitis sa Kaniya ay ihaharap pa ito bilang isang sumbong, at doon sa Kalbaryo ay gagamitin ito bilang isang pangutya. Nguni't kung ipaliliwanag ito ngayon sa kanila, ay mapapag-alaman ng mga alagad Niya ang tungkol sa dadanasin Niyang paghihirap, at magdudulot iyon ng kalumbayang hindi pa nila kayang bathin ngayon. At ang pagpapaliwanag nito ay wala sa panahong maglalantad sa mga Hudyo ng bunga ng kanilang maling pagkakilala at di-paniniwala. Ngayon pa man ay pumasok na sila sa landas na patuloy nilang tatahakin hang-gang sa Siya ay maakay nila na gaya ng isang kordero patungo sa patayan.

Ang mga pangungusap na ito ni Kristo ay sinalita alang-alang sa mga magsisisampalataya sa Kaniya. Alam Niyang ito'y muling uulit-ulitin. Palibhasa'y sinalita ito sa panahon ng Paskua, ito'y makararating sa pakinig ng libu-libo, at makaaabot hanggang sa lahat ng dako ng sanlibutan. Pagka nabuhay na Siyang muli sa mga patay, ay saka maliliwanagan ang kahulugan ng mga pangungusap na ito. Sa marami ay magiging sapat nang katibayan ito ng Kaniyang pagka-Diyos.

Dahil sa kalabuan ng pagkaunawa nilang ukol sa espiritu, ang mga alagad man ni Jesus ay malimit na hindi makaunawa ng Kaniyang mga turo. Nguni't ang marami sa mga turong ito ay naging malinaw sa mga sumunod na pangyayari. Nang Siya'y wala na sa kanila, ang Kaniyang mga salita ay nananatiling pampatibay sa kanilang mga puso.

Nang tukuyin ng Tagapagligtas ang templo sa Jerusalem, sa pagsasabing, "Gibain ninyo ang templong ito, at sa tatlong araw ay

itatayo Kong muli," ay ito'y may lalong malalim na kahulugan kaysa naunawa ng mga nakarinig. Si Kristo ang kinasasaligan at buhay ng templo. Ang paglilingkod dito ay larawan ng pagpapakasakit ng [210]
Anak ng Diyos. Ang gawain ng mga saserdote ay itinatag upang ilarawan ang likas at gawain ng pamamagitan ni Kristo. Ang buong panukala ng pagsambang may paghahandog o paghahain ay paunang-paglalarawan ng pagkamatay ng Tagapagligtas upang matubos ang sanlibutan. Hindi na magkakaroon ng bisa ang mga paghahandog na ito pagka sumapit na ang dakilang pangyayaring dinaliri nito sa buong panahon.

Dahil sa ang buong ayos ng mga paghahandog na ito ay sumasagisag sa paghahandog kay Kristo, kaya nga ito ay walang halaga kung hiwalay sa Kaniya. Nang si Kristo'y tuluyan nang tanggihan ng mga Hudyo sa pama-magitan ng pagpapatay sa Kaniya, ay tinanggihan na rin nila ang lahat na nagbibigay kabuluhan sa templo at sa mga paglilingkod na doo'y ginagawa. Nawala na ang kabanalan nito. Ito'y nakalaan na sa kagibaan. Buhat nang araw na yaon ay naging wala nang kahulugan ang lahat ng mga paghahain at ang paglilingkod na kaugnay ng mga ito. Gaya ng handog ni Cain, ang mga ito ay hindi nagpakilala ng pananampalataya sa Taga-pagligtas. Sa pagpatay nila kay Kristo, ay para na rin nilang iginiba ang kanilang templo. Nang si Kristo'y mabayubay sa krus, ang tabing sa loob ng templo ay nahapak sa gitna buhat sa itaas na pababa, na nagpapakilalang ang dakila at katapusang handog ay naialay na, at ang buong palatuntunan ng mga paghahandog ay nawakasan na magpakailanman.

"Sa tatlong araw ay itatayo Kong muli." Nang mamatay ang Tagapagligtas ay waring nanalo ang mga kapangyarihan ng kadiliman, at sila'y nagkatuwaan sa kanilang pagtatagumpay. Datapwa't mula sa libingan ni Jose, ay lumabas si Jesus na isang mananagumpay. "Pagkasamsam sa mga pamunuan at mga kapangyarihan, sila'y mga inilagay Niya sa hayag na kahihiyan, na nagtatagumpay Siya sa kanila sa bagay na ito." Colosas 2:15. Sa pamamagitan ng Kaniyang [211]
kamatayan at pagkabuhay na mag-uli, Siya ang naging Ministro sa "tunay na tabernakulo na itinayo ng Panginoon, hindi ng tao." Hebreo 8:2. Mga tao ang nagtayo ng tabernakulo ng mga Hudyo; mga tao rin ang nagtayo ng templo ng mga Hudyo; subali't ang santuwaryong nasa itaas, na ang nasa lupa ay isang larawan, ay hindi

itinayo ng arkitekto. "Narito ang Lalaki na ang pangala'y Sanga; ... at itatayo niya ang templo ng Panginoon; at Siya'y magtataglay ng kaluwalhatian, at mauupo at magpupuno sa Kaniyang luklukan; at Siya'y magiging saserdote sa Kaniyang luklukan." Zacarias 6:12, 13.

Lumipas na ang mga paghahandog na ang itinuturo ay si Kristo; nguni't napabaling naman ang mga mata ng mga tao sa tunay na haing para sa mga kasalanan ng sanlibutan. Ang palatuntunang ukol sa mga saserdote sa lupa ay natigil na; subali't tayo'y tumitingin kay Jesus, na ministro ng bagong tipan, at "dugong pangwisik, na nagsasalita ng lalong mabuti kay sa dugo ni Abel." "Na hindi pa naihahayag ang pagpasok sa dakong banal samantalang nakatayo pa ang unang tabernakulo: ... Nguni't pagdating ni Kristo na Dakilang Saserdote ng mabubuting bagay na darating, sa pama-magitan ng lalong malaki at lalong sakdal na tabernakulo, na hindi gawa ng mga kamay, ... sa pamamagitan ng Kaniyang sariling dugo ay pumasok na minsan magpakailanman sa dakong walang-hanggang katubusan." Hebreo 12:24; 9:8-12.

"Dahil dito naman Siya'y nakapagliligtas na lubos sa mga nagsisilapit sa Diyos sa pamamagitan Niya, palibhasa'y laging nabubuhay Siya upang mamagitan sa kanila." Hebreo 7:25. Bagama't ang paglilingkod ay inalis sa templo sa lupa at inilipat sa templo sa langit; bagama't ang santuwaryo at ang Dakilang Saserdote natin ay hindi makikita ng mata ng tao, gayunman ay wala ring
[212] mawawala sa mga alagad. Hindi masisira ang kanilang pakikipagunawaan, at ni hindi mababawasan ang kanilang kapangyarihan nang dahil sa hindi nila kasama ang Tagapagligtas. Habang si Jesus ay naglilingkod sa santuwaryo sa itaas, ay Siya pa rin ang nangangasiwa sa Kaniyang iglesya sa lupa sa pamama-gitan ng Kaniyang Espiritu. Siya'y nahiwalay sa mata ng tao, nguni't ang pangako Niya nang Siya'y umalis ay natupad, "Narito, Ako'y sumasainyong palagi, hanggang sa katapusan ng sanlibutan." Mateo 28:20. Bagama't mga abang ministro ang pinagkakatiwalaan Niya ng Kaniyang kapangyarihan, ang Kaniya namang nagpapalakas na pakikiharap ay nasa Kaniya pa ring iglesya.

"Yaman ngang tayo'y mayroong isang lubhang Dakilang Saserdote, ... si Jesus, na Anak ng Diyos, ay ingatan nating matibay ang ating pagkakilala. Sapagka't tayo'y walang isang dakilang saserdote

na hindi maa-aring mahabag sa ating kahinaan; kundi isa na tinukso sa lahat ng mga paraang gaya rin naman natin, gayon ma'y walang kasalanan. Magsilapit nga tayong may pag-kakatiwala sa luklukan ng biyaya, upang tayo'y magsipagtamo ng awa, at mangakasumpong ng biyaya upang tumulong sa atin sa panahon ng pangangailangan." Hebreo 4:14-16. [213]

# Kabanata 17—Si Nicodemo

Ang kabanatang ito ay batay sa Juan 3:1-17.

Si Nicodemo ay humawak ng isang mataas na tungkulin sa bansang Hudyo. Siya'y may mataas na pinag-aralan, at may angking mga kakayahang di-pangkaraniwan, at siya'y isang pinagpipitaganang kagawad ng kapulungang pambansa. Kasama ng iba pa, siya'y ginigiyagis ng mga pagtuturo ni Jesus. Bagaman siya ay ma-yaman, marunong, at iginagalang, ay nakapagtatakang naakit siya ng abang Nasareno. Ang mga aral na namutawi sa mga labi ng Tagapagligtas ay lubhang napakin-tal sa kaniyang pag-iisip, at dahii dito'y ninasa niyang matuto pa ng mga kahanga-hangang katotohanang ito.

Ang paggamit ni Kristo ng kapangyarihan nang linisin Niya ang templo ay lumikha ng matinding poot sa mga saserdote at mga pinunong Hudyo. Pinangambahan nila ang kapangyarihan ng di-kilalang Taong ito. Ang gayong katapangang ipinakita ng di-kilalang Galileong ito ay hindi dapat tulutan o palampasin. Matibay ang hangad nilang wakasan ang Kaniyang gawain. Datapwa't hindi lahat ay nagkakaisa sa ganitong panukala. May ilang kinakabahang sumalungat sa Isa na maliwanag na mahahalatang kinikilos ng Espiritu ng Diyos. Sumagi sa kanilang alaala kung paanong may mga
[214] propetang pinatay nang dahil sa pagsumbat sa mga pagkakasala ng mga pinuno sa Israel. Alam nila na ang pagkaalipin ng mga Hudyo sa isang bansang pagano ay bunga ng kanilang katigasan ng ulo sa di-pagtanggap sa mga saway at sansalang buhat sa Diyos. Sila'y nag-alaalang sa pagpapanukala nang laban kay Jesus ay baka sumusunod na ang mga saserdote at mga pinuno sa mga hakbang ng kanilang mga magulang, at yaon ay maghatid ng mga bagong kasakunaan sa bansa. Si Nicodemo ay isa sa may ganitong palagay. Sa isang pagpapanayam ng Sanedrin, nang mapag-usapan dito kung ano ang marapat gawin kay Jesus, ay nagpayo si Nieodemo ng pag-iingat at pagdadahan-dahan. Kaniyang ikinatwiran na kung

si Jesus ay sadyang nilangkapan ng Diyos ng kapangyarihan, ay magiging mapanganib kung tatanggihan nila ang Kaniyang mga babala. Hindi napangahasang dipansinin ng mga saserdote ang payong ito, kaya't sandaling panahong sila'y walang ginawang anumang hakbang laban sa Tagapagligtas.

Buhat nang marinig ni Nieodemo ang pangangaral ni Jesus, buong kasabikan na niyang pinag-aralan ang mga hulang tumutukoy sa Mesiyas; at habang lalo siyang nagsasaliksik ng mga hula, ay lalo namang tumi-tindi ang kaniyang paniniwala na ang Isa na ngang ito ang siyang hinulaang darating. Siya at ang marami pang iba ay naligalig sa ginagawang paglapastangan sa templo. Isa siya sa nakasaksi nang itaboy ni Jesus ang mga namimili at mga nagbibili; namasdan niya ang kahangahangang pagpapakita ng kapangyarihan ng Diyos; namalas niya ang Tagapagligtas nang tinatanggap Nito ang mga dukha at mga maysakit; nakita niya ang kagalakan sa kanilang mga anyo, at napakinggan niya ang kanilang mga salita ng pagpupuri; at hindi niya nakuhang pag-alinlanganan na si Jesus ay siya ngang Isinugo ng Diyos.

Gustung-gusto niyang makipagkita kay Jesus, nguni't nahihiya siyang makipagkita rito nang nakikita ng iba. Magiging totoong [215] kahiya-hiya sa isang pinuno ng mga Hudyo na magpakilalang siya'y nakikiayon sa isang gurong di-gasinong kilala. At kung ang pakikipagkitang ito ay umabot sa kaalaman ng Sanedrin, ay lilibakin nila siya at tutuligsain. Dahil dito'y minabuti niyang makipagkita na lamang nang lihim, sa dahilang baka siya pamarisan ng iba, kung siya'y lantarang makikipagkita. Nang maalaman niya sa pamamagitan ng lihim na paguusisa ang dakong pinagpapahingahan ng Tagapagligtas sa Bundok ng mga Olibo, ay hinintay niya munang makatulog ang bayan, at saka niya hinanap Siya.

Sa harap ni Kristo, ay nakaramdam si Nicodemo ng kakatwang panliliit, nguni't ito'y ikinubli niya sa ilalim ng pag-aanyong mahinahon at marangal. "Rabi," ang wika niya, "alam naming Ikaw ay isang Gurong buhat sa Diyos: sapagka't walang taong makagagawa ng mga kababalaghang Iyong ginagawa, liban na sumasakaniya ang Diyos." Sa kaniyang pagsasabing si Kristo ay may mga di-pangkaraniwang kaloob sa pagtuturo, at may kahang-hangang kapangyarihang gumawa ng mga kaba-balaghan, ay kaniyang inaasahang mabubuksan ang pagkakataon upang Ito'y

kaniyang makapanayam. Binalangkas niya ang kaniyang mga salita upang makahikayat ng pagtitiwala; nguni't ang mga yaon ay tunay na nagpahayag ng di-paniniwala. Hindi niya kinilalang si Jesus ay siyang Mesiyas, kundi isa lamang Gurong buhat sa Diyos.

Sa halip na paunlakan ang bating ito, ay tinitigan lamang ni Jesus ang nagsasalita, na parang binabasa ang nasa isip nito. Dahil sa walang-hanggan Niyang karunungan ay nakita Niya na ang nasa harap Niya ay isang naghahanap ng katotohanan. Alam Niya ang dahilan ng pagsasadya nito sa Kaniya, at sa pagnanais ni Jesus na lalong tumindi ang paniniwalang namamahay na sa isip ni Nieodemo, ay tinapat Niya ito, at buong kasolemnihan, nguni't malumanay na
[216] sinabi, "Katotohanang, katotohanang sinasabi Ko sa iyo, Maliban na ang tao'y ipanganak buhat sa itaas, ay hindi niya makikita ang kaharian ng Diyos." Juan 3:3.

Nagsadya si Nicodemo sa Panginoon na ang hangad ay makipagpalitan ng katwiran sa Kaniya, nguni't inilahad ni Jesus ang mga simulaing kinasasaligan ng katotohanan. Sinabi Niya kay Nicodemo, Hindi teorya ang kailangan mo, kundi espirituwal na pagbabago. Hindi mo kailangang bigyang-kasiyahan ang iyong pag-uusisa, kundi ang kailangan mo ay ang magkaroon ng isang bagong puso. Dapat ka munang tumanggap ng bagong buhay buhat sa itaas bago mo mabigyang-halaga ang mga bagay ng langit. Hangga't hindi nangyayari ang ganitong pagbabago, na ginagawang bago ang lahat ng mga bagay, ay hindi mo ikabubuti ni ikaliligtas man na ikaw ay makipagtalo sa Akin tungkol sa Aking kapangyarihan o sa Aking misyon.

Narinig ni Nicodemo ang pangangaral ni Juan Bautista tungkol sa pagsisisi at pagbibinyag, na itinuturo sa mga tao yaong Isa na magbabautismo ng Espiritu Santo. Siya na rin ay nakadama na sadyang salat ang mga Hudyo sa tunay na kabanalan, at sila'y pinaghaharian ng kayabangan at hangaring makasanlibutan. At inasahan niyang pagdating ng Mesiyas ay magbabago at bubuti ang lahat ng mga bagay. Nguni't ang nakakikilosng-pusong pangangaral ni Juan Bautista ay hindi man nakapag-udyok sa kaniya na magsisi. Siya'y isang saradong Pariseo, at nagmamagaling sa kaniyang mabubuting gawa. Siya'y pinararangalan ng marami sa kaniyang kagandahang-loob at sa kaniyang pagbibigay sa ikatataguyod ng mga gawang paglilingkod sa templo, at kaya nga panatag ang kaniyang

loob na dahil dito'y tinatanggap siya ng Diyos. Namangha siya nang kaniyang maalaman na ang kaharian ng Diyos ay napakadalisay pala na anupa't hindi niya maaaring makita sa gayon niyang kalagayan. [217]

Ang bagong pagkapanganak, na halimbawang ginamit ni Jesus, ay hindi isang bagay na lubos na bago kay Nicodemo. Ang mga tao ng ibang bansa na nahikayat tumanggap ng pananampalataya ng Israel ay malimit itulad sa mga sanggol na bagong panganak. Dahil nga rito'y maaaring naunawaan niya na ang mga sinalita ni Kristo ay patalinhaga. Nguni't sa bisa ng pagkapanganak sa kaniya bilang isang Israelita ay itinuring niyang siya'y tiyak na karapat-dapat sa kaharian ng Diyos. Sa pakiram-dam niya'y hindi na niya kailangan pa ang magbago. Kaya nga namangha siya sa mga sinalita ng Tagapagligtas. Dinamdam niya ang pagkapagkapit ng mga salitang yaon sa kaniya. Ang kapalaluan ng pagka-Pariseo ay nakikipagpunyagi laban sa tapat na hangarin ng naghahanap ng katotohanan. Ipinagtaka niya ang pagkakapagsalita ni Jesus nang gayon sa kaniya, na di iginalang ang kaniyang pagiging pinuno sa Israel.

Sa pagkakabulabog ng kaniyang diwang mayabang, ay sinagot niya si Kristo nang may panunuya, "Paanong maipanganganak ang isang tao kung siya'y matanda na?" Siya'y natutulad sa marami na pagka inuulos ang budhi ng mahayap na katotohanan, ay nagpapahalatang ang taong ayon sa laman ay hindi tumatanggap ng Espiritu ng Diyos. Wala sa kaniya niyaong bagay na tumutugon sa mga bagay ng Espiritu; sapagka't ang mga bagay ng Espiritu ay makikilala sa pamamagitan ng Espiritu.

Datapwa't hindi sinagot ng Tagapagligtas ang argumento sa pamamagitan ng argumento. Banayad at marangal na itinaas Niya ang Kaniyang kamay at taglay ang lalong malaking kapanatagang idiniin Niya ang katotohanan, "Katotohanan, katotohanang sinasabi Ko sa iyo, Maliban na ang tao ay ipanganak ng tubig at ng Espiritu, ay hindi siya makapapasok sa kaharian ng Diyos." Alam ni Nicodemo na ang sinasabi rito ni Kristo ay ang binyag sa tubig at ang pagbabago ng puso na gawa ng Espiritu ng Diyos. Siya'y naniwala [218]
nang siya'y nasa harap ng Isa na siyang hinulaan ni Juan Bautista. [219]

Ang patuloy pang wika ni Jesus: "Ang ipinanganak ng laman ay laman nga; at ang ipinanganak ng Espiritu ay espiritu nga." Sa katutubo, ang puso ay masama, at "sinong makakakuha ng malinis

na bagay sa marumi? wala." Job 14:4. Walang makikitang tuklas ng tao na mailulunas sa kaluluwang nagkasala. "Ang kaisipan ng laman ay pakikipag-alit laban sa Diyos: sapagka't hindi napasasaklaw sa kautusan ng Diyos, ni hindi nga maaari." "Sa puso nanggagaling ang masasamang pag-iisip, mga pagpatay, mga pangangalunya, pakikiapid, mga pagnanakaw, pagsaksi sa di-katotohanan, mga pamumusong." Roma 8:7; Mateo 15:19. Dapat munang luminis ang bukal ng puso bago maging malinis ang mga agos na nanggagaling doon. Ang taong nagsisikap na makarating sa langit sa pamamagitan ng sarili niyang mga gawang pagtalima sa kautusan ay gumagawa ng isang bagay na hindi mangyayari. Walang kaligtasan sa sinuman na ang relihiyon ay pawang sa kautusan lamang, samakatwid baga'y isang anyo ng kabanalan. Ang buhay Kristiyano ay hindi isang pag-aayos o pagkukumpuni ng dating pamumuhay, kundi ito'y isang pagbabago ng likas. Dapat mamatay ang sarili at ang kasalanan, at dapat magkaroon ng tunay na bagong buhay. Ang ganitong pagbabago ay mangyayari lamang sa pamamagitan ng mabisang paggawa ng Espiritu Santo.

Naguguluhan pa rin si Nicodemo, kaya ginamit ni Jesus na halimbawa ang hangin upang ilarawan ang ibig Niyang sabihin: "Humihihip ang hangin kung saan niya ibig, at iyong naririnig ang ugong niyaon, nguni't hindi mo nalalaman kung saan nanggagaling, at kung saan na-paroroon: gayon ang bawa't ipinanganganak ng Espiritu."

Ang hangin ay naririnig sa mga sanga ng mga punungkahoy, na kinikiyakis ang mga dahon at iniuugoy ang mga bulaklak; gayunman
[220] ito'y hindi nakikita, at hindi rin nalalaman ng tao kung saan ito nanggagaling o kung saan ito naparoroon. Ganyan ang paggawa ng Espiritu Santo sa puso. Hindi ito higit na maipaliliwanag na di gaya ng mga galaw ng hangin. Maaaring hindi masabi ng isang tao ang hustong oras o ang tiyak na lugar, o kaya'y hindi niya masuysoy ang lahat ng mga pangyayaring tungo sa kaniyang pagkahikayat; nguni't hindi nito pinatutunayan na siya'y di-hikayat. Sa pama-magitan ng isang bagay na di-nakikitang gaya ng hangin, ay walang likat na gumagawa si Kristo sa puso ng tao. Unti-unti, kaipala'y di-namamalayan ng may-katawan, na nakagagawa ng mga kakintalang may hilig na ilapit ang kaluluwa kay Kristo. Ito'y maaaring matanggap sa pamamagitan ng pagbubulay-bulay tungkol sa Kaniya, sa pama-

magitan ng pagbabasa ng mga Banal na Kasulatan, o ng pakikinig sa isang mangangaral. Walang anu-ano, kapag ang Espiritu'y dumarating na taglay ang lalong tuwirang pakikiusap, ay masayang sumusuko ang kaluluwa kay Jesus. Ito ang tinatawag ng marami na biglang pagkahikayat; nguni't ang totoo'y bunga ito ng malaong pakikiusap ng Espiritu ng Diyos, isang maluwat at paputul-putol na pakikiusap.

Bagama't ang hangin ay hindi nakikita, nakikita naman at nararamdaman ang mga nagagawa nito. Sa ganyan ding paraan ang gawain ng Espiritu sa kaluluwa ay mahahayag sa bawa't gawa niyaong nakadarama ng nagliligtas nitong kapangyarihan. Pagka ang Espiritu ng Diyos ang naghari sa puso ng tao, ay binabago nito ang pamumuhay. Ang masasamang isipan ay iniwawaksi, ang mga likong gawain ay tinatalikdan; pag-ibig, kapakumbabaan, at kapayapaan ang humahalili sa galit, pagkainggit, at pakikipag-alitan. Katuwaan ang humahalili sa kalungkutan, at sa mukha'y nababadha ang liwanag ng langit. Walang nakakakita sa kamay na nag-iibis ng dinadalang mga damdamin at mga alalahanin, o sa liwanag man na
bumababang buhat sa luklukan ng Diyos. Dumarating ang pagpapala [221]
pagka ipinasasakop ng tao ang sarili niya sa Diyos sa pamamagitan ng pananam-palataya. Pagkatapos, ang kapangyarihang yaon na dinakikita ng mata ng tao ay lumilikha ng isang bagong pagkatao na ayon sa larawan ng Diyos.

Di-kayang liripin ng tao ang gawain ng pagtubos. Ang hiwaga nito ay nakahihigit sa kaalaman ng tao; gayunman siya na umaalis sa kamatayan at lumilipat sa buhay ay nakadarama na ito ay isang katotohanang Diyos ang may gawa. Ang pasimula ng pagtubos ay maaari nating maalaman dito sa pamamagitan ng sarili nating karanasan. Ang mga ibinubunga nito ay umaabot hanggang sa mga panahong walang-hanggan.

Samantalang nagsasalita si Jesus, may mga sinag ng katotohanan na naglagos sa isipan ni Nicodemo. Ang nagpapalubag at nagpapaamong impluwensiya ng Espiritu Santo ay nakaantig ng kaniyang puso. Gayunma'y hindi pa rin niya lubusang napag-unawa ang mga pangungusap ng Tagapagligtas. Ang nakaantig sa kaniya ay hindi ang pangangailangan ng bagong pagkapanganak kundi ang paraan kung paano iyon mangyayari. Kaya't may paghangang naitanong niya, "Paano mangyayari ang mga bagay na ito?"

"Ikaw ay isang guro ng Israel, at hindi mo nalalaman ang mga bagay na ito?" tanong ni Jesus. Tunay nga namang ang isang taong pinagkatiwalaang magturo ng relihiyon sa bayan ay hindi dapat na walang-muwang sa mga katotohanang gayon kahalaga. Ang mga salita niya ay naghahayag ng aral na sa halip na damdamin ni Nicodemo ang malilinaw na salita ng katotohanan, ay dapat sanang nagkaroon siya ng mapagpakumbabang pagkakilala sa kaniyang sarili, dahil sa kaniyang kawalang-nalalaman ukol sa espiritu. Gayunman ang pananalita ni Kristo ay nagtaglay ng solemneng kalumanayan, at ang Kaniyang anyo at tinig ay kapwa naghayag ng
[222] maalab na pag-ibig, na anupa't hindi ito nakasugat sa damdamin ni Nicodemo nang madama niya ang kaniyang abang kalagayan.

Datapwa't nang ipaliwanag ni Jesus na ang misyon Niya sa ibabaw ng lupa ay ang magtatag ng kahariang espirituwal at hindi kahariang panlupa, ay nagtalo ang loob ni Nicodemo. Nang mahalata ito ni Jesus, ay ganito ang idinugtong Niya, "Kung sinabi Ko sa inyo ang mga bagay na nauukol sa lupa, at hindi ninyo pinaniniwalaan, kung ang sabihin Ko sa inyo ay ang mga bagay na nau-ukol sa langit ay paano nga ninyo paniniwalaan?" Alalaong baga'y kung hindi matanggap ni Nieodemo ang turo ni Kristo, na naglalarawan ng ginagawa ng biyaya sa puso ng tao, ay paano niya mauunawaan ang likas ng Kaniyang maluwalhating kahariang makalangit? Kung hindi niya nauunawaan ang likas ng gawain ni Kristo sa lupa, ay hindi rin nga maabot ng kaniyang isip ang Kaniyang gawain sa langit.

Ang mga Hudyong pinalayas ni Jesus sa templo ay pawang nag-aangking sila'y mga anak ni Abraham, nguni't tumakas sila sa harap ng Tagapagligtas sapagka't hindi nila mabata ang kaluwalhatian ng Diyos na nahayag sa Kaniya. Ito nga ang nagpapatunay na sila'y hindi pinapagindapat ng biyaya ng Diyos na makibahagi sa mga banal na paglilingkod sa templo. Sila'y masikap na kanilang mapanatili ang anyo ng kabanalan, subali't kinaliligtaan nila ang pagpapabanal sa puso. At bagaman sila'y masigasig sa pagtupad sa titik ng kautusan, lagi naman nilang nilalabag ang diwa ng nasabing kutusan. Ang talagang malaki nilang kailangan ay ang pagbabago ngang iyon na ipinaliliwanag ni Kristo kay Nieodemo—isang bagong pagkapanganak na ukol sa moral, isang paglilinis sa kasalanan, at isang panibagong pagkakilala at kabanalan.

Walang maidadahilan sa pagiging-bulag ng Israel tungkol sa gawain ng pagbabago o ng bagong pagkapanganak. Sa pamamagitan ng pagkasi ng Espiritu Santo, ay sumulat si Isaias, "Kaming [223] lahat ay naging parang marumi, at ang lahat naming katuwiran ay naging parang basa-hang marumi." Si David naman ay nanalangin, "Likhaan Mo ako ng isang malinis na puso, Oh Diyos; at magbago Ka ng isang matuwid na espiritu sa loob ko." At sa pamamagitan ni Ezekiel ay ganito ang pangakong ibinigay, "Bibigyan Ko rin naman kayo ng bagong puso, at lalagyan Ko ang loob ninyo ng bagong diwa; at Aking aalisin ang batong puso sa inyong katawan at Aking bibig-yan kayo ng pusong laman. At Aking ilalagay ang Aking Espiritu sa loob ninyo, at palalakarin Ko kayo ng ayon sa Aking mga palatuntunan." Isaias 64:6; Awit 51:10; Ezekiel 36:26, 27.

Natunghayan ni Nieodemo ang mga kasulatang ito nang may malabong pag-iisip; nguni't unti-unti na ngayong naliliwanagan niya. Nakilala niya na ang pinakamahigpit na pagtalima ng panlabas na pamumuhay sa titik ng kautusan ay hindi nagpapagindapat sa tao na pumasok sa kaharian ng langit. Sa paningin ng tao, ang kabuhayan niya ay matuwid at marangal; subali't sa harap ni Kristo ay nadama niyang marumi ang kaniyang puso, at di-banal ang kaniyang kabuhayan.

Unti-unting nahihikayat ni Kristo si Nieodemo. Nang ipaliwanag sa kaniya ng Tagapagligtas ang tungkol sa bagong pagkapanganak, ay minithi niyang mangyari sana sa kaniyang sarili ang gayong pagbabago. Sa pamamagitan ng anong paraan ito mangyayari? Ganito ang tugon ni Jesus sa di-nabigkas na tanong: "Kung paanong itinaas ni Moises sa ilang ang ahas, gayundin naman kinakailangang itaas ang Anak ng tao: upang ang sinumang sumampalataya sa Kaniya ay huwag mapahamak, kundi magkaroon ug buhay na walang-hanggan."

Ito ang bagay na alam na alam ni Nicodemo. Ang sagisag ng ahas na itinaas sa ilang ay nagpaliwanag sa kaniya ng misyon o layunin ng Tagapagligtas. Nang kasalukuyang nagkakamatay ang mga Israelita sa kagat ng mga makamandag na ahas sa ilang, ay [224] inutusan ng Diyos si Moises na gumawa ng isang ahas na tanso, at ilagay nang mataas sa gitna ng kapisanan. Pagkatapos ay itinanyag ang salita sa buong kampamento na ang sinumang titingin sa ahas ay mabubuhay. Talos ng mga tao na ang ahas na tanso ay walang

kapangyarihang bumuhay sa kanila. Iyon ay sagisag ni Kristo. Kung paanong ang larawang ginawa sa wangis ng namumuksang mga ahas ay itinaas upang sila'y mangabuhay, gayundin naman yaong Isa na "nag-anyong salarin" ay siya nilang magi-ging Manunubos. Roma 8:3. Marami sa mga Israelita ang nag-akala na ang mga paghahandog na kanilang ginagawa ay may bisang magpalaya sa kanila sa kasalanan. Ibig ng Diyos na ituro sa kanila na ito'y wala ring kapang-yarihang gaya ng ahas na tanso. Ito nga ay upang akayin lamang ang mga isip nila sa Tagapagligtas. Maging sa pagpapagaling ng mga sugat nila o sa pagpapatawad ng kanilang mga kasalanan, ay wala silang magagawang anuman sa kanilang mga sarili kundi sila'y magpakita ng kanilang pananampalataya sa Kaloob ng Diyos. Sila'y titingin at mabubuhay.

Yaong mga kinagat ng ahas ay maaaring nagpatagal-tagal sa pagtingin. Maaaring pinag-alinlanganan nila kung paano kaya magkakaroon ng bisang makapagpapagaling ang sagisag na tan-song yaon. Maaaring sila'y humingi ng isang maayos na paliwanag. Nguni't walang paliwanag na ibinigay. Kailangan nilang tanggapin ang sinabi sa kanila ng Diyos sa pamamagitan ni Moises. Ang tumangging tumingin ay mamamatay.

Hindi sa pamamagitan ng pagtataltalan at pagtatalo naliliwana-gan ang kaluluwa. Dapat tayong tumingin at mabuhay. Tinanggap ni Nicodemo ang aral, at tinaglaytaglay niya. Sinaliksik niya ang mga Kasulatan sa isang bagong paraan, hindi upang ipakipagtalo ang isang teorya, kundi upang tumanggap ng buhay ang kaniyang
[225] kaluluwa. Nagpasimulang maunawaan niya ang kaharian ng langit nang ipasakop niya ang kaniyang sarili sa pag-akay ng Banal na Espiritu.

Libu-libong tao ngayon ang kailangang makaalam ng katoto-hanan ding yaon na itinuro kay Nicodemo sa pamamagitan ng itinaas na ahas. Umaasa sila na ang pagtalima nila sa kautusan ng Diyos ay siyang magtatagubilin sa kanila sa lingap ng Diyos. Pagka sila'y inaatasang tumingin kay Jesus, at sumampalatayang sila'y inililigtas Niya sa pamamagitan lamang ng Kaniyang biyaya, ay napapabulalas sila ng, "Paano mangyayari ang mga bagay na ito?"

Tulad ni Nicodemo, ay dapat tayong tumalaga sa pagpasok sa buhay sa paraang gaya ng sa puno ng mga makasalanan. Sapagka't liban kay Kristo ay "walang ibang pangalan sa silong ng langit na

ibinigay sa mga tao, na sukat nating ikaligtas." Mga Gawa 4:12. Sa pamamagitan ng pananampalataya ay tumatanggap tayo ng biyaya ng Diyos; nguni't ang pananampalataya ay hindi siya nating tagapagligtas. Ito'y hindi siyang nagbibigay. Ito ang kamay na inihahawak natin kay Kristo, at siya ring iniyayakap sa Kaniyang mga kagalingan, na panlunas sa kasalanan. At ni hindi rin tayo makapagsisisi kung hindi sa tulong ng Espiritu ng Diyos. Ganito ang sabi ng Kasulatan tungkol kay Kristo, "Siya'y ibinunyi ng Diyos ng Kaniyang kanang kamay upang maging Prinsipe at Tagapagligtas, upang magbigay ng pagsisisi sa Israel, at kapatawaran ng mga kasalanan." Mga Gawa 5:31. Ang pagsisisi ay nagbubuat kay Kristo na tulad din ng kapatawaran.

Paano, kung gayon, tayo maliligtas? "Kung paanong itinaas ni Moises sa ilang ang ahas," gayon nga rin itinaas ang Anak ng tao, at ang bawa't nadaya at nakagat ng ahas ay makatitingin sa Kaniya at mabubuhay. "Narito ang Kordero ng Diyos, na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan." Juan 1:29. Ang liwanag na nagbubuhat sa krus ay naghahayag ng pag-ibig ng Diyos. Ang pag- Niya ang [226] naglalapit sa atin sa Kaniya. Kung hindi natin lalabanan ang ganitong pagkaakit na lumapit sa Kaniya, ay aakayin tayo nito sa paanan ng krus na nagsisisi sa mga kasalanan natin na naging dahil ng pagkakapako sa krus ng Tagapagligtas. Kung magkagayon ang Espiritu ng Diyos ay lumikha ng isang bagong buhay sa kaluluwa sa pamamagitan ng pananampalataya. Ang mga iniisip at mga hinahangad ay ipinasasakop sa kalooban ni Kristo. Ang puso, ang pag-iisip, ay nililikhang panibago ayon sa wangis Niyaong sa atin ay gumagawa upang mapasuko sa Kaniya ang lahat ng mga bagay. Sa gayo'y naisusulat sa puso at pag-iisip ang kautusan ng Diyos, at masasabi na nating kasama ni Kristo na, "Aking kinalulugurang sundin ang Iyong kalooban, Oh Diyos ko." Awit 40:8.

Sa pakikipag-usap ni Jesus kay Nicodemo, ay inihayag Niya ang panukala ng pagliligtas at ang Kaniyang misyon sa sanlibutan. Sa lahat Niyang mga pagsasalita at pagpa-paliwanag ay dito lamang Niya isinalaysay nang lubos, at baytang-baytang, ang mga gawang marapat mangyari sa mga puso ng mga taong magmamana ng kaharian ng langit. Sa kapasi-pasimulaan ng Kaniyang ministeryo ay binuksan Niya ang katotohanan sa isang kagawad ng Sanedrin, sa isip ng isang handang tumanggap, at sa hinirang na guro ng bayan.

Nguni't hindi tinanggap ng mga lider ng Israel ang liwanag. Itinago ni Nieodemo ang katotohanan sa loob ng kaniyang puso, at sa loob ng tatlong taon ay parang walang anumang ibinunga.

Datapwa't kilala ni Jesus ang lupang hinasikan Niya ng binhi. Hindi nasayang ang mga salitang binitiwan noong gabi sa isang tagapakinig sa bundok. Sa loob ng isang panahon ay hindi hayagang kinilala ni Nicodemo si Kristo, gayunma'y minatyagan niya ang buhay Niya, at dinili-dili ang Kaniyang mga aral. Sa kapulungan ng Sanedrin ay paulit-ulit niyang sinira ang mga balak ng mga
[227] saserdote na ipapatay si Jesus. At nang sa wakas ay maibayubay din si Jesus doon sa krus, ay nagunita ni Nicodemo ang turong binigkas sa 01ivet: "Kung paanong itinaas ni Moises sa ilang ang ahas, gayundin naman kinakailangang itaas ang Anak ng tao: upang ang sinumang sumampalataya sa Kaniya ay huwag mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang-hanggan." Ang liwanag na nagbuhat sa lihim na pakikipag-usap na iyon ay siyang tumanglaw sa krus ng Kalbaryo, at dahil dito'y napagkilala ni Nicodemo na si Jesus nga ang Manunubos ng sanlibutan.

Nang makaakyat na sa langit ang Panginoon, at mangalat ang mga alagad dahil sa pag-uusig, ay buong tapang na lumantad si Nicodemo. Ginamit niya ang kaniyng yaman sa pagtataguyod sa batang iglesya na inakala ng mga Hudyong malilipol nila pagkamatay ni Kristo. Sa panahon ng panganib, siya na noong una ay kimi at mausisa, ay naging sintibay ng batong buhay, na pinalakas ang loob at pananampalataya ng mga alagad at tinustusan ng salapi ang gawain ng ebanghelyo upang ito'y maitaguyod. Siya'y inaglahi at inusig ng mga nagbigay-galang sa kaniya noong una. Nasaid ang kaniyang yaman sa buhay na ito; gayunma'y hindi naman nanghina ang kaniyang pananam-palataya na ang pinagbuhatan ay ang gabing yaon ng pakikipag-usap niya kay Jesus.

Isinaysay ni Nicodemo kay Juan ang kasaysayan ng pakikipag-usap na iyon, at sa pamamagitan naman ng panulat nito ay ito'y itinala upang makapagturo at pakinabangan ng mga angaw-angaw. Ang mga katotohanang doo'y itinuturo ay mahalaga at kailangan ngayon na tulad din noong tahimik na gabing pagsadyain sa malilim na bundok ng isang pinunong Hudyo, ang maamong Guro ng Galilea
[228] upang alamin ang daan ng buhay.

## Kabanata 18—“Siya’y Kinakailangang Dumakila”

Ang kabanatang ito ay batay sa Juan 3:22-36.

May isang panahon ding ang kabantugan ng Mamiminyag sa buong bansa ay naging higit na malaki kaysa mga pinuno, mga saserdote, o mga prinsipe ng mga Hudyo. Kung itinanyag lamang niya na siya nga ang Mesiyas, at saka siya nagbangon ng paghihimagsik laban sa Roma, walang pagsalang pumailalim sana sa kaniyang watawat ang mga saserdote at ang bayan. Iniumang ni Satanas kay Juan Bautista ang lahat ng pang-akit na iniharap niya sa mga manlulupig ng sanlibutan. Nguni’t bagama’t para na niyang nasisiguro ang kapangyarihan, ay matigas niyang tinanggihan ang alok ng kaaway. Ang tingin at pansing itinutuon sa kaniya, ay ibinaling niya sa iba.

Ngayon ay nakita niyang ang agos ng kabantugan ay humihiwalay sa kaniya at nalilipat sa Tagapagligtas. Arawaraw ay umuunti ang bilang ng mga nakikinig sa palibot niya. Nang si Jesus ay dumating sa purok na nakapaligid sa Jordan buhat sa Jerusalem, ay dumagsa ang mga tao upang makinig sa Kaniya. Ang bilang ng mga alagad Niya ay naragdagan araw-araw. Marami ang dumulog upang pabinyag, at kung bagama’t si Kristo ay hindi nagbinyag, ay pinayagan naman Niyang sila’y binyagan ng Kaniyang mga alagad. Sa ganito Niya binigyang katiyakan at pinagtibay ang misyon ng [229] Kaniyang tagapaghanda ng daan. Nguni’t ang mga alagad ni Juan ay nanaghili sa lumalaking kabantugan ni Jesus. Lagi nilang minamataan ang anumang maipupula sa Kaniyang gawain, at hindi naman nagluwat at nagkaroon sila ng isang pagkakataon. Nagkaroon ng pagtatalo sila at ang mga Hudyo tungkol sa kung ang binyag ay may bisang maghugas ng kasalanan ng kaluluwa; ikinatwiran nila na ang pagbibinyag ni Jesus ay ibang-iba sa pagbibinyag ni Juan. Hindi nagluwat at nagkaroon sila ng pakikipagtalo sa mga alagad ni Kristo tungkol sa ayos ng mga pangungusap na nara-rapat gamitin

sa pagbibinyag, at katapus-tapusan ay tungkol sa karapatan nitong huli na makapagbinyag.

Ang mga alagad ni Juan ay lumapit sa kaniyang taglay ang mga hinakdal, na sinasabi, "Rabi, Yaong kasama mo sa dako pa roon ng Jordan, na binigyan mong pato-too, narito, Siya'y nagbibinyag, at ang lahat ng mga tao'y nagsisilapit sa Kaniya." Sa pamamagitan ng mga salitang ito, ay iniharap ni Satanas kay Juan ang tukso. Bagama't matatapos na ang misyon ni Juan, maaari pa rin niyang hadlangan ang gawain ni Kristo. Kung siya'y napadala sa kaniyang sarili, at sumama ang loob o kaya'y nasiphayo dahil sa may ibang nababantog nang higit sa kaniya, nakapaghasik sana siya ng mga binhi ng pagtatalo, at nakapag-udyok din sana siya ng pananaghili at pagkainggit, at napigil din sana niya ang paglaganap ng ebanghelyo.

Taglay ni Juan sa kaniyang pagkatao ang mga kahinaang katutubo sa lahat, subali't siya'y binago ng pagibig ng Diyos. Siya'y tumahan sa kapaligirang ang hanging nasasagap ay hindi narurumhan ng kasakiman at ambisyon, at sumasaibabaw ng mabahong simoy ng kainggitan. Hindi niya pinanigan ang pagkainggit o pananaghili ng kaniyang mga alagad, kundi kaniyang ipinaki-lala kung [230] gaano niya nauunawaan ang kaniyang kaugnayan sa Mesiyas, at kung gaano kaligaya naman niyang tinanggap ang Isang ipinaghanda niya ng daan.

Sinabi niya, "Hindi makatatanggap ng anuman ang isang tao, malibang ito'y ipinagkaloob sa kaniya mula sa langit. Kayo man ay makasasaksi sa akin, na aking sinabi, Hindi ako ang Kristo, kundi ako ang sinugo sa unahan Niya. Ang mayroon ng kasintahang-babae ay siyang kasintahang-lalaki: datapwa't ang kaibigan ng kasintahang-lalaki, na nakatayo at nakikinig sa kaniya, ay naga-galak na lubos dahil sa tinig ng kasintahang-lalaki." Si Juan ang kumakatawan sa kaibigan na naglingkod bilang pinakasugo ng dalawang ikakasal, na naghahanda ng daan para sa pagkakasal. Pagka natanggap na ng lalaki ang kaniyang magiging asawa, ay natapos na ang misyon ng kaibigan. Natuwa siya sa kaligayahan ng dalawang inasikaso niya upang makasal. Sa ganito nga tinawag si Juan upang ihatid ang mga tao kay Jesus, at ikinagalak niya na makita ang pagtatagumpay ng gawain ng Tagapagligtas. Ang wika niya, "Ito ngang aking kaligayahan ay naganap. Siya'y kinakailangang dumakila, nguni't ako'y kinakailangang bumaba."

Sa pagtingin ni Juan na may pananampalataya sa Manunubos, ay napaangat siya sa tugatog ng pagtanggi sa sarili. Hindi niya sinikap na siya ang tanghalin ng mga tao, kundi iniangat niya ang kanilang isip nang pataas nang pataas, hanggang sa sila'y humantong sa Kordero ng Diyos. Siya nga ay isang abang tinig lamang, isang tinig na sumisigaw sa ilang. Ngayo'y ikinagagalak niyang taggapin ang siya'y manahimik at malimutan ng mga tao, upang ang paningin ng lahat ay mapabaling sa Ilaw ng kabuhayan.

Yaong mga tapat sa pagkatawag sa kanila na maging mga tagapagbalita ng Diyos, ay hindi maghahangad na sila ang maparangalan. Ang pag-ibig sa sarili ay lalagumin ng pag-ibig kay Kristo. Ang gawain ng ebanghelyo ay hindi madudungisan ng diwang pag-aa-
gawan. Kikilalanin nilang ang gawain nila ay ang magtanyag ng [231]
pabalita, gaya ng ginawa ni Juan Bautista, "Narito ang Kordero ng Diyos, na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan." Juan 1:29. Kanilang ibubunyi si Jesus, at kasama niyang mabubunyi ang sangkatauhan. "Ganito ang sabi ng Mataas at Matayog na tumatahan sa walang-hanggan, na ang pangalan ay Banal; Ako'y tumatahan sa mataas at banal na dako, na kasama rin niya na may pagsisisi at mapagpakumbabang diwa, upang bumuhay ng diwa ng mapagpakumbaba, at upang bumuhay ng puso ng nagsisisi." Isaias 57:15.

Ang kaluluwa ng propeta, palibhasa'y hubad sa pagkamakasarili, ay nalipos ng liwanag ng Diyos. Nang patotohanan niya ang kaluwalhatian ng Tagapagligtas, ay halos kahawig na kahawig ang mga salita niya ng mga sinabi ni Kristo na rin nang Ito'y magsalita kay Nicodemo. Sinabi ni Juan, "Ang nanggaling sa itaas ay sumasaibabaw ng lahat: ang galing sa lupa ay taga-lupa nga, at ang ukol sa lupa ang sinasalita niya: ang nanggaling sa langit ay sumasaibabaw ng lahat. ... Sapagka't ang sinugo ng Diyos ay nagsasalita ng mga salita ng Diyos: sapagka't hindi ibinibigay ng Diyos ang Espiritu sa pamamagitan ng sukat." Ang sinabi ni Kristo'y, "Hindi Ko pinaghahanap ang Aking sariling kalooban, kundi ang kalooban niyaong nagsugo sa Akin." Juan 5:30. Sa Kaniya ay ipinahahayag, "Inibig mo ang katuwiran, at kinapo-otan mo ang kasamaan; kaya't ang Diyos mo ay nagbu-hos sa inyo ng langis ng kasayahang higit kaysa Iyong mga kasamahan." Hebreo 1:9. Hindi ibinibigay ng Ama sa Kaniya "ang Espiritu sa pamamagitan ng sukat."

Gayundin naman ang mga sumusunod kay Kristo. Ang liwanag ng Diyos sa langit ay matatanggap lamang natin kung huhubarin natin ang ating pagkamakasarili. Hindi natin makikilala ang likas ng Diyos, o matatanggap man si Kristo sa pamamagitan ng pananampalataya, liban na sumang-ayon tayong isuko natin ang bawa't isipin
[232] natin sa pagtalima kay Kristo. Sa lahat ng gumagawa nito ay ibinibigay ang Espiritu Santo nang walang sukat. Kay Kristo ay "nananahan ang buong kapuspusan ng pagka-Diyos, at sa Kaniya kayo naman ay napupuspos." Colosas 2:9, 10, R.V.

Sinabi ng mga alagad ni Juan na lahat ng mga tao ay lumalapit kay Kristo; subali't palibhasa si Juan ay may lalong malinaw na pananaw, ay nagwika, "Walang taong tumatanggap ng Kaniyang patotoo;" kaya nga ka-kaunti ang handang tumanggap sa Kaniya bilang Tagapagligtas nila sa kasalanan. Datapwa't "ang tumanggap ng Kaniyang patotoo ay naglagay dito ng kaniyang tatak, na ang Diyos ay totoo." Juan 3:33, R.V. "Ang sumasam-palataya sa Anak ay may buhay na walang-hanggan." Hindi na kailangang pagtalunan kung ang pagbibinyag ni Kristo o ni Juan ay humuhugas ng kasalanan. Biyaya ni Kristo ang nagbibigay-buhay sa kaluluwa. Kung hiwalay kay Kristo, ang binyag, tulad ng iba pang paglilingkod, ay isang anyo o pormang walang-halaga. "Ang hindi suma-sampalataya sa Anak ay hindi makakakita ng buhay."

Ang tagumpay ng gawain ni Kristo, na siyang malugod na tinanggap ng Mamiminyag, ay ibinabalita rin sa maykapangyarihang nasa Jerusalem. Nainggit ang mga saserdote at ang mga rabi sa kabantugan ni Juan nang makita nilang ang mga tao ay nag-aalisan sa mga sinagoga at hugos ng patungo sa ilang; nguni't narito ang Isa na may lalo pang malaking kapangyarihan sa pagakit ng mga tao. Ang mga pinunong yaon sa Israel ay hindi handang magsabi na kasama ni Juan ng, "Siya'y kinakailangang dumakila, nguni't ako'y kinakailangang bumaba." Pamuli nilang ipinasiyang wakasan ang gawaing nagpapalayo ng mga tao sa kanila.

Talos ni Jesus na hindi nila titigilan ang paglikha ng pagkakampikampi sa sarili Niyang mga alagad at sa mga alagad ni Juan. Talastas Niyang may nagbabantang bagyo na tatangay sa isang pinakadak-
[233] ilang propeta na kailanma'y nabigay na sa sanlibutan. Sa hangad na maiwasan ang lahat na di-pagkakaunawaan at pagtatalu-talo, ay matahimik Niyang itinigil ang Kaniyang mga paggawa, at lumapit

Siya sa Galilea. Tayo man naman, bagama't tapat sa katotohanan, ay dapat magsikap na iwasan ang lahat na maaaring mauwi sa pagtatalo at samaan ng loob. Sapagka't kailanma't may bumabangong ganito, ay nagbubunga ito ng pagkawaglit ng mga kaluluwa. Kailanma't may mga pangyayaring nagbabantang lumikha ng pagkakabaha-bahagi o pagkakampi-kampi, ay dapat nating tularan ang ginawa ni Jesus at ni Juan Bautista.

Si Juan ay tinawag upang maging repormador. Dahil dito, nanganib na ituon ng mga alagad niya ang kanilang pansin sa kaniya, sa paniniwalang ang tagumpay ng gawain ay nakasalalay sa kaniyang mga paggawa, at malimutan ang katotohanan na siya'y isa lamang kasangkapang ginagamit ng Diyos. Gayon pa man ay hindi pa rin sapat ang nagawa ni Juan upang mailagay ang patibayan ng Iglesya Kristiyana. Nang matapos niya ang kaniyang misyon ay isa pang gawain ang dapat gampanan, na di nangyaring maganap ng kaniyang pagpapatotoo. Hindi ito napag-unawa ng kaniyang mga alagad. Kaya nang makita nilang dumarating si Kristo upang humalili sa gawaing ginagawa ni Juan, ay nainggit sila at di-nasiyahan.

Umiiral pa rin ang mga ganyang panganib. Tumata-wag ang Diyos ng isang tao upang gumanap ng isang gawain; pagka naitaguyod niya ito nang hanggang sa abot ng kaniyang kaya, ay nagpapasok naman ang Panginoon ng iba pa, upang ito'y mapasulong pa. Subali't, gaya ng mga alagad ni Juan, marami ang nag-aakala na ang tagumpay ng gawain ay nakasalig sa unang gumawa. Ang isip ay napapatuon sa tao sa halip na sa Diyos, pumapasok ang inggit, at nasisira tuloy ang gawain ng Diyos. Sa gayon ang taong napararangalan nang di-marapat ay natutuksong magkimkim ng pagtitiwala sa sarili. Hindi niya nadaramang dapat siyang umasa [234]
sa Diyos. Ang mga tao ay natututong umasa sa kapwa tao para sa patnubay, at sa gayo'y nahuhulog tuloy sa pagkakamali, at napapahiwalay sa Dios.

Ang gawain ng Diyos ay hindi dapat magkaroon ng wangis at bakas ng tao. Sa pana-panahon ay gagamit ang Diyos ng iba't-ibang makakasangkapan, na sa pamamagitan ng mga ito matutupad nang pinakamabuti ang Kaniyang panukala. Mapalad ang mga taong laang magpaka-baba, na tulad ni Juan Bautista ay makapagsasabing, "Siya'y kinakailangang dumakila, nguni't ako'y kinaka-ilangang bumaba." [235]

# Kabanata 19—Sa Balon ni Jacob

Ang kabanatang ito ay batay sa Juan 4:1-42.

Sa pagtungo ni Jesus sa Galilea ay dumaan Siya sa Samaria. Katanghaliang-tapat nang Siya'y dumating sa kapatagan ng Shechem. Sa gawing bukana ng kapatagang ito ay naroroon ang balon ni Jacob. Dahil sa Kaniyang kapaguran, Siya'y naupo roon at nagpahinga samantala'y umalis ang Kaniyang mga alagad upang bumili ng pagkain.

Ang mga Hudyo at ang mga Samaritano ay mahigpit na magkaaway, at hangga't maaari ay iniiwasan nilang makipag-usap sa isa't isa. Ang pakikipagkalakalan sa mga Samaritano sakaling talagang kailangan ay itinu-turing ng mga rabi na matuwid; subali't ang lahat ng pakikipagbatian at pakikipag-unawaan sa kanila ay ipinagbabawal. Ang Hudyo ay hindi manghihiram sa isang Samaritano, ni hindi siya mangungutang ng loob, ni manghihingi man ng isang subong tinapay o isang basong tubig. Nang bumili ang mga alagad ng kanilang makakain, sila'y sumunod lamang sa kaugalian ng kanilang bansa. Nguni't maliban dito ay wala na silang ginawa pa. Ang makiutang na loob sa mga Samaritano, o ang tumulong sa anumang paraan sa kanila, ay malayung-malayo sa isip ng mga alagad ni Kristo.

[236] Nang maupo si Jesus sa tabi ng balon, Siya'y nanla- lambot
[237] sa gutom at uhaw. Totoong mahaba ang kanilang nilakad buhat sa umaga, at ngayo'y matindi ang sikat ng araw na tumatama sa Kaniya. Lalong tumindi ang Kaniyang pagkauhaw nang maisip Niya ang malamig at nagpapaginhawang tubig ng balong naroon sa tabi, nguni't hindi naman Siya makakuha, sapagka't wala Siyang lubid ni banga mang maipananalok, at ang balon ay malalim. Ang ganyang palad ng tao ay sumapit sa Kaniya, at Siya'y naghintay sa pagdating ng sinumang iigib.

Isang babaing Samaritana ang dumating, at waring di-napapansing Siya'y naroroon, na pinuno ng tubig ang taglay na banga. Nang

ito'y pumihit na upang umalis, ay humingi si Jesus ng maiinom. Sa isang taga-Silangan, ang gayong pakiusap ay hindi tinatanggihan. Doon sa Silangan, ang tubig ay tinatawag na "kaloob ng Diyos." Ang pagpapainom sa nauuhaw na manlalakbay ay itinuturing na isang tungkuling napakabanal na anupa't ang mga Arabeng tumatahan sa ilang o disyerto ay lumalabas ng kanilang daan upang gampanan iyon. Ang pagkakapootan ng mga Hudyo at ng mga Samaritano ay siyang pumigil sa babae na mag-alok kay Jesus ng gayong kagandahang-loob; gayunma'y humahanap noon si Jesus ng daang makalapit Siya sa puso ng babae, at kaya nga taglay ang katalinuhang supling ng pag-ibig ng Diyos, ay Siya'y humingi, hindi nag-alok, ng isang kagandahang-loob. Ang alok na kagandahang-loob ay ma-aaring tanggihan; subali't ang pagtitiwala ay gumigising ng pagtitiwala. Ang Hari ng langit ay lumapit sa waglit na kaluluwang ito, na humihingi ng paglilingkod sa mga kamay nito. Siya na gumawa ng dagat, na pumipigil sa mga tubig ng kalaliman, na nagbukas ng mga bukal at humawi ng mga daanan ng mga agos sa lupa, ay namahinga sa tabi ng balon ni Jacob dahil sa pagod, at ngayo'y naghihintay sa kagandahang-loob ng isang dikilalang babae para sa isa man lamang lagok na tubig.

Nakilala ng babae na si Jesus ay isang Hudyo. Dahil sa kaniyang [238]
pagtataka ay nalimutan niya ang hinihingi Nito, gayunma'y sinikap niyang alamin ang dahilan kung bakit Ito'y nakikiinom. "Bakit," ang wika niya, "Ikaw na isang Hudyo, ay humihingi sa akin ng maiinom, gayong ako ay isang babaing Samaritana?"

Sumagot si Jesus, "Kung napagkikilala mo ang kaloob ng Diyos, at kung sino ang sa iyo'y nagsasabi, Painumin mo Ako; ikaw ay hihingi sa Kaniya, at ikaw ay bibigyan Niya ng tubig na buhay." Nagtataka ka na Ako'y humingi sa iyo ng isang lagok na tubig buhat sa balong nasa ating paanan. Kung ikaw ang humingi sa Akin, binigyan sana kita ng maiinom na tubig ng walang-hanggang buhay.

Hindi naunawaan ng babae ang mga salitang sinabi ni Kristo, nguni't naramdaman niya ang banal na kahulugan niyon. Nagpasimulang mag-iba ang kaniyang pawalang-bahala at pabirong paraan ng pakikipag-usap. Sa pag-aakala niyang ang tinukoy ni Jesus ay ang balong nasa harap nila, ay sinabi niya, "Ginoo, wala Kang sukat isalok ng tubig, at malalim ang balon: saan nga naroon ang Iyong tubig na buhay? Dakila Ka pa baga sa aming amang si Jacob, na

sa ami'y nagbigay ng balon, at dito'y uminom siya?" Ang tingin niya sa kaniyang kaharap ay isa lamang nauuhaw na manlalakbay, na pagod at puno ng alikabok. Sa kaniyang isip ay naihambing niya Ito sa iginagalang na patriarkang si Jacob. Kimkim niya sa kaniyang damdamin, bagay na katutubo lamang iyon, ang pakiramdam na walang ibang balong maipapantay sa balong bigay ng mga magulang. Naisip niya ang unang mga magulang, at ang dumarating na Mesiyas, saman-talang Itong talagang Mesiyas, na Pag-asa ng mga magulang, ay katabi niya at hindi niya nakikilala. Ilang mga uhaw na kaluluwa ngayon ang nasa tabi na ng bukal ng buhay, nguni't tumitingin pa rin sa malayo sa paghahanap ng mga bukal ng buhay! "Huwag mong sabihin sa iyong puso, Sino ang aakyat sa langit?
[239] (samakatwid baga'y, upang ibaba si Kristo:) 0, Sino ang mananaog sa kalalim-laliman? (samakatwid baga'y upang iakyat na muli si Kristo mula sa mga patay.) ... Ang salita ay malapit sa iyo, sa iyong bibig, at sa iyong puso: ... kung ipahahayag mo ng iyong bibig si Jesus na Pangino-on, at sasampalataya ka sa iyong'puso na binuhay Siyang mag-uli ng Diyos sa mga patay, ay maliligtas ka." Roma 10:6-9.

Hindi karaka-rakang sinagot ni Jesus ang tanong na nauukol sa Kaniyang sarili, kundi buong katapatang sinabi Niya, "Sinumang umiinom ng tubig na ito ay muling mauuhaw: datapwa't ang sinumang uminom ng tubig na sa kaniya'y Aking ibibigay ay hindi mauuhaw magpa-kailanman; kundi ang tubig na sa kaniya'y Aking ibibigay ay magiging isang balon ng tubig na bubukal sa kabuhayang walang-hanggan."

Ang sinumang nagnanais magpatid-uhaw sa mga bukal ng sanlibutang ito ay iinom upang muli lamang mauhaw. Sa lahat ng dako'y hindi nasisiyahan ang mga tao. Naghahanap sila ng makatutustos sa pangangailangan ng kaluluwa. Iisa lamang ang makatutugon sa pangangailangang iyan. Ang kailangan ng sanlibutan, "Ang Nais ng lahat ng bansa," ay si Kristo. Ang banal na biyayang Siya lamang ang makapagbibigay, ay tulad sa tubig na buhay, na lumilinis, nagpapaginhawa, at nagpapalakas sa kaluluwa.

Hindi ipinahiwatig ni Jesus na isa lamang patak ng tubig ng buhay ay makasasapat na sa iinom. Ang nakakatikim ng pag-ibig ni Kristo ay patuloy na hihingi at hihingi pa; nguni't hindi siya hihingi ng iba pa. Ang mga kayamanan, mga karangalan, at mga kalayawan

ng sanlibutan ay hindi nakaakit sa kaniya. Ang laging isinisigaw ng kaniyang puso ay, Nais ko'y Ikaw pa rin. At Siya na naghahayag sa kaluluwa ng kailangan nito, ay laang magbigay-kasiyahan sa kagutuman at kauhawan nito. Lahat ng maibibigay ng tao at aasahan sa tao ay hindi maka-sisiya. Ang mga sisidlan ay mawawalan ng laman, ang mga bukal ay matutuyuan; nguni't ang Manunubos natin [240]
ay isang bukal na di-matutuyuan. Maaari tayong uminom nang uminom, at lagi pa ring may sariwang tubig na maibibigay. Siyang tinatahanan ni Kristo ay may isang bukal ng pagpapala sa loob niya—"isang balon ng tubig na bu-bukal sa kabuhayang walang-hanggan." Sa bukal na ito ay makapagtatamo siya ng lakas at biyaya na makasasapat sa lahat niyang mga pangangailangan.

Nang salitain ni Jesus ang tungkol sa tubig na buhay, ay napatingin sa Kaniya ang babae na may pagtataka. Nakilos Niya ang interes nito, at napukaw ang paghahangad na makamtan ang bagay na iniaalok Niya. Nahiwatigan nitong hindi ang tubig sa balon ni Jacob ang tinutukoy Niya; sapagka't ito ay lagi nitong iniinom, at lagi rin naman itong nauuhaw. "Ginoo," sabi nito, "bigyan Mo ako ng tubig na ito, upang hindi na ako mauhaw, at hindi na rin ako pumarito upang sumalok pa."

Biglang-bigla ngayong iniba ni Jesus ang pag-uusap. Bago tanggapin ng babaing ito ang kaloob na nais Niyang ibigay, dapat muna nitong makilala ang kasalanan nito at pati ang Tagapagligtas nito. Sinabi Niya sa babae, "Humayo ka, tawagin mo ang iyong, asawa at pumarito ka." Sumagot ito, "Wala akong asawa." Sa gayong paraan inasahan ng babaing mapuputol na ang lahat na pagtatanong ukol sa bagay na iyon. Nguni't nagpatuloy ang Tagapagligtas, "Mabuti ang pagkasabi mo, Wala akong asawa: sapagka't nagkaroon ka na ng limang asawa; at ang nasa iyo ngayon ay hindi mo asawa: dito'y sinabi mo ang katotohanan."

Kinilabutan ang nakikinig. Isang mahiwagang kamay ang bumubuklat ng kasaysayan ng kaniyang buhay, at inilalantad ang bagay na nais niyang ilihim na sana magpakailanman. Sino kaya Itong nakababasa ng mga lihim ng kaniyang buhay? Dumating sa isip niya ang tungkol sa Diyos, ang tungkol sa darating na paghuhukom, na sa panahong yaon ay mahahayag ang lahat na inililihim ngayon. [241]
Sa liwanag nito, nagising ang kaniyang budhi.

Hindi siya makapagkaila; nguni't sinikap niyang iwasan ang pagbanggit sa paksang ikinahihiya niya. Taglay ang malaking paggalang, na sinabi niya, "Ginoo, nahahalata kong Ikaw ay isang propeta." Sa hangad niyang mapagtakpan ang kaniyang kahihiyan, dinala niya ang usapan sa paksa ng relihiyong pinagtatalunan. Kung Ito ay isang propeta, tiyak na mayroon Itong maibibigay na turo o aral tungkol sa mga bagay na ito na maluwat nang pinagtatalunan.

Matiyagang pinabayaan ni Jesus na dalhin ng babae ang usapan sa bagay na ibig nito. Samantala'y nag-abang Siya ng pagkakataon na muling maipasok sa puso nito ang katotohanan. "Nagsisamba ang aming mga magulang sa bundok na ito," sabi nito, "at sinasabi ninyo, na sa Jerusalem ay siyang dakong kinakailangang pagsambahan ng mga tao." Natatanaw roon ang Bundok Gerizim. Giba na ang templo nito, at dambana na lamang ang nananatili. Ang dakong dapat pagsambahan ay isang paksang malaon nang pinagtatalunan ng mga Hudyo at ng mga Samaritano. Ang mga ninuno nitong huli ay mga Hudyo rin noong una; nguni't dahil sa kanilang mga kasalanan, ay pinahintulutan ng Panginoon na sila'y magapi ng isang bansang sumasamba sa mga diyus-diyosan. Sa loob ng maraming saling-lahi ay napahalo sila sa mga nagsisi-samba sa mga diyus-diyosan, kaya ang relihiyon ng mga ito ay napahawa sa kanila. Kung bagama't totoo na sila'y naniniwalang ang mga diyus-diyosan nila ay mga taga-pagpaalaala lamang sa kanila ng buhay na Diyos, na Puno ng sansinukob, gayunma'y naakay rin ang mga tao na igalang at sambahin ang kanilang mga larawang inan-yuan.

Nang muling itayo ang templo sa Jerusalem noong kapanahunan ni Ezra, ay ninais ng mga Samaritanong tumulong sa mga Hudyo sa pagtatayo nito. Nguni't tinanggihan ito ng mga Hudyo, kaya't ito
[242] ang pinagmulan ng mahigpit na alitan ng dalawang bansa. Nagtayo ang mga Samaritano ng ibang templo sa Bundok Gerizim. Doo'y sumamba sila nang ayon sa palatuntunan ni Moises, bagama't hindi nila lubos na iniwan ang pagsamba sa mga diyus-diyosan. Datapwa't dinatnan sila ng mga kasakunaan, iwinasak ng mga kaaway ang kanilang templo, at waring nakalukob sa kanila ang isang sumpa; gayunma'y nangunyapit pa rin sila sa kanilang mga sali't saling sabi at mga ayos ng pagsamba. Ayaw nilang kilalanin na ang templo sa Jerusalem ay siyang tunay na bahay ng Diyos, ni ayaw rin nilang tanggapin na ang relihiyon ng mga Hudyo ay nakahihigit sa kanila.

Bilang tugon sa babae, ay sinabi ni Jesus, "Paniwalaan mo Ako, na dumarating ang oras, na kahit sa bundok na ito, ni sa Jerusalem, ay hindi ninyo sasambahin ang Ama. Sinasamba ninyo ang hindi ninyo nalalaman: sinasamba namin ang nalalaman namin: sapagka't ang kaligtasan ay nanggagaling sa mga Hudyo." Ipinakilala ni Jesus na wala sa Kaniya ang masamang damdaming kinikimkim ng mga Hudyo laban sa mga Samaritano. Ngayo'y sinisikap Niyang maalis sa Samaritanong ito ang masamang damdaming iyon laban sa mga Hudyo. Nang banggitin ni Jesus ang katotohanan na ang pananampalataya ng mga Samaritano ay nahahaluan ng pagsamba sa diyus-diyosan, ay ipinahayag Niya ang mga dakilang katotohanan ng pagtubos na ipinagkatiwala sa mga Hudyo, at sinabing sa gitna ng mga ito lilitaw ang Mesiyas. Sa loob ng mga Banal na Kasulatan ay malinaw na ipina-kikilala sa kanila ang likas ng Diyos at ang mga simulain ng Kaniyang pamahalaan. Ibinilang ni Jesus ang sarili ng pagkakilala tungkol sa Kaniya.

Ibig Niyang ilayo ang pag-iisip ng babae sa mga bagay na nauukol sa anyo at seremonya, at sa mga suliraning pinagtatalunan. "Dumarating ang oras," wika Niya, "at ngayon nga, na sasambahin ng mga tunay na mananamba ang Ama sa espiritu at sa katotohanan: sapagka't hinahanap ng Ama ang mga gayon na maging mananamba [243]
sa Kaniya. Ang Diyos ay Espiritu: at ang mga sa Kaniya'y nagsisisamba ay kinakailangang magsisamba sa Kaniya sa espiritu at sa katotohanan."

Dito'y napapaloob ang katotohanang inihayag din ni Jesus kay Nieodemo nang kaniyang sabihing, "Maliban na ang tao'y ipanganak buhat sa itaas, ay hindi niya makikita ang kaharian ng Diyos." Juan 3:3. Hindi sa pama-magitan ng paghahanap sa isang banal na bundok o sa isang banal na templo kaya nakakausap ng mga tao ang Diyos. Ang relihiyon ay hindi binubuo ng mga panlabas na anyo at mga seremonya. Ang relihiyong nagbubuhat sa Diyos ay siya lamang relihiyong makaaakay patungo sa Diyos. Upang Siya'y matwid nating mapaglingkuran, kailangang tayo'y ipanganak ng Espiritu ng Diyos. Lilinisin nito ang puso at babaguhin ang pag-iisip, sa gayo'y bibigyan tayo ng bagong kakayahan na makilala at ibigin ang Diyos. Ito'y magbibigay sa atin ng kusang pagtalima sa lahat Niyang mga ipinag-uutos. Ito ang tunay na pagsamba. Ito ay bunga ng mga paggawa ng Banal na Espiritu. Bawa't tapat na panalangin

ay iniuudyok ng Espiritu, at ang ganyang panalangin ay tinatanggap ng Diyos. Saanman hinahanap ng tao ang Diyos, doo'y mahahayag ang paggawa ng Espiritu, at ang Diyos ay magpapakahayag sa taong yaon. Ganitong mga mananamba ang hina-hanap Niya. Naghihintay Siya upang tanggapin sila, at upang sila'y gawin Niyang mga anak na lalaki at mga anak na babae.

Nang nakikipag-usap kay Jesus ang babae, naantig siya ng Kaniyang mga salita. Hindi pa siya kailanman nakakarinig ng mga gayong pangungusap sa mga saserdote ng kaniyang bayan o sa mga Hudyo man. Nang ihayag sa harap niya ang nagdaan niyang kabuhayan, ay naipadama sa kaniya ang malaki niyang pangangailangan. Naramdaman niya ang pagkauhaw ng kaniyang kaluluwa
[244] na di-kailanman mabibigyang-kasiyahan ng tubig sa balon ng Sychar. Lahat ng mga nakausap niya nang una ay hindi nakaantig sa loob niya na siya'y maghangad ng lalong marangal na pamumuhay. Napapaniwala siya ni Jesus na nababasa Nito ang mga lihim ng kaniyang buhay; gayunma'y nadama pa rin niya na Ito ay kaibigan niya, na nahahabag at nagmamahal sa kaniya. Bagama't ang banal na pakikiharap Nito ay naramdaman niyang parang humahatol sa kaniyang kasalanan, ay wala nama. Itong binibigkas na panunumbat, kundi ng sinasabi sa kaniya ay may sapat Itong biyaya, na makababago sa kaniyang kaluluwa. Unti-unting nasumbatan siya tungkol sa kaniyang likas. May katanungang bumangon sa kaniyang isip. Hindi kaya Ito ang Mesiyas na malaon nang hinihintay? Sinabi niya sa Kaniya, "Nalalaman ko na paririto ang Mesiyas, ang tinatawag na Kristo: pagka Siya'y dumating, ay ipahahayag Niya sa amin ang lahat ng mga bagay." Sinagot siya ni Jesus, "Ako na nagsasalita sa iyo ay Siya nga."

Nang marinig ng babae ang mga salitang ito, ay sumibol sa kaniyang puso ang pananampalataya. Tinanggap niya ang kahanga-hangang pahayag na nagmula sa mga labi ng banal na Guro.

Ang babaing ito ay may isip na handang kumilala. Handa siyang tumanggap ng pinakamarangal na pahayag; sapagka't nakahilig ang kaniyang loob sa Mga Kasulatan, at inihahanda naman ng Espiritu Santo ang kaniyang diwa sa pagtanggap ng higit na liwanag. Napag-aralan na niya ang pangako sa Matandang Tipan na nagsasabing, "Ang Panginoong iyong Diyos ay magbabangon ng isang Propeta sa gitna mo, sa iyong mga kapatid, na gaya ko; sa Kaniya kayo

makikinig." Deuteronomio 18:15. Malaon nang pinananabikan niyang maunawaan ang hulang ito. Pumapasok na ngayon ang liwanag sa kaniyang isip. Ang tubig ng buhay, ang kabuhayang espirituwal na ibinibigay ni Kristo sa bawa't nauuhaw na kaluluwa, ay nagsisimula na ngayong sumibol sa kaniyang puso. Gumagawa [245] sa kaniya ang Espiritu ng Panginoon.

Ang katotohanang ipinagtapat ni Kristo sa babaing ito ay hindi Niya maipagtatapat sa nagbabanal-banalang mga Hudyo. Higit Siyang maingat kapag nagsasalita sa kanila. Ang bagay na hindi inihayag sa mga Hudyo, at siya namang ipinagbilin sa mga alagad na kanilang ilihim, ay siyang inihayag sa kaniya. Nakita ni Jesus na gagamitin ng babae ang ipinakilala o ipinaalam na ito sa kaniya upang makatanggap naman ng biyaya Niya ang mga iba.

Nang magsibalik ang mga alagad buhat sa kanilang pamimili, nagtaka sila sa nakita nilang pakikipag-usap ng Panginoon sa babae. Hindi pa Niya naiinom ang malamig na tubig na hiningi Niya sa babae, at hindi rin Siya huminto sumandali sa pakikipag-usap upang kanin ang pagkaing dala ng Kaniyang mga alagad. Nang maka-alis ang babae, inalok Siya ng mga alagad na kumain. Napansin nilang Siya'y tahimik. na parang buhos na buhos ang pagiisip sa matamang pagbubulay-bulay. Nagliliwanag ang Kaniyang mukha, at nangimi silang Siya'y abalahin sa Kaniyang pakikipagusap sa Diyos. Gayunma'y talos nilang Siya'y nanlalata at pagod, at naisip nilang tungkulin nilang Siya'y paalalahanang kumain upang lumakas. Kinilala ni Jesus ang kanilang mapagmahal na pagmamalasakit, kaya Kaniyang sinabi, "Mayroon Akong pagkaing hindi ninyo nalalaman."

Nagtaka ang mga alagad at kanilang inisip kung sino kaya ang nagdala sa Kaniya ng pagkain; nguni't Siya'y nagpaliwanag, "Ang Aking pagkain ay ang gawin ang kalooban ng nagsugo sa Akin, at tapusin ang Kaniyang gawain." Juan 4:34, R.V. Nagalak si Jesus nang mapukaw na ng Kaniyang mga salita ang budhi ng babae. Nakita Niyang ininom nito ang tubig ng buhay, kaya't ang sarili Niyang gutom at uhaw ay napawi. Ang pagkatupad ng misyon na ipinarito Niya sa lupa ay nagpalakas sa loob ng Tagapagligtas [246] sa Kaniyang paggawa, at siyang naging dahil upang alintanahin Niya ang mga sariling pangangailangan ng Kaniyang pagkatao. Ang maglingkod sa isang kaluluwang nagugutom at nauuhaw sa

katotohanan ay lalo pang mahalaga sa Kaniya kaysa kumain at uminom. Sa ganang Kaniya, iyon ay isang kaaliwan at kasiyahan. Pagmamagandang-loob ang buhay ng Kaniyang kaluluwa.

Kinauuhawan ng ating Manunubos ang pagkilala natin sa Kaniya. Kaniyang kinagugutuman ang pagdamay at pag-ibig niyaong mga binili Niya ng sarili Niyang dugo. Di-masambitla ang sabik Niyang hangarin na sila sana'y magsilapit sa Kaniya at magkaroon ng buhay. Kung paanong ang ina ay natutuwa pagka ang maliit niyang sanggol ay marunong nang kumilala sa pamamagitan ng pagngiti, na nagbabadya ng pamamanaag ng katalinuhan nito, ay gayundin nagagalak si Kristo pagka ipinahahayag natin ang ating pasasalamat at pag-ibig sa Kaniya, bagay na nagpapakilalang nagsimula na ang buhay espirituwal sa ating kaluluwa.

Nalipos ng katuwaan ang babae nang mapakinggan niya ang mga salita ni Kristo. Hindi niya makayang kim-kimin ang kahanga-hangang pahayag. Iniwan niya ang kaniyang banga, at umuwi siya sa bayan, upang ibalita sa mga iba ang kaniyang napakinggan. Batid ni Jesus kung bakit siya umalis. Ang pag-iiwan ng banga ay malinaw na nagsasabi ng naging bisa ng Kaniyang mga salita. Maalab ang hangarin ng babae na makamtan ang tubig na buhay; at nalimutan niya ang kaniyang sadya sa balon, nalimutan niya ang pagkauhaw ng Tagapagligtas, na talagang ibig niyang painumin. Taglay sa puso ang nag-uumapaw na katuwaan, na siya'y tumakbong pauwi, upang ibahagi sa mga iba ang mahalagang liwanag na kaniyang tinanggap.

"Magsiparito kayo, tingnan ninyo ang isang lalaki, na nagsabi sa akin ng lahat ng mga bagay na aking ginawa," wika niya sa mga tao
[247] sa bayan. "Hindi kaya ito na ang Kristo?" Ang mga pangungusap niya ay nakaantig sa kanilang puso. Napansin nilang nagkaroon ng pagbabago sa kaniyang mukha, at nabago rin ang buo niyang kaanyuan. Kaya't kinasabikan nilang makita si Jesus. "Nagsilabas nga sila sa bayan, at nagsiparoon sa Kaniya."

Sa pagkakaupo ni Jesus sa tabi ng balon, ay tumanaw Siya sa mga bukid ng trigong nakalatag sa harap Niya, na ang mga murang uhay ay dinadampulayan ng ginintuang sikat ng araw. Itinuro Niya ito sa mga alagad Niya, at ginamit Niyang isang halimbawa: "Hindi baga sinasabi ninyo, May apat na buwan pa, at saka darating ang pag-aani? Narito, sa inyo'y Aking sinasabi, Itanaw ninyo ang inyong mga mata, at inyong tingnan ang mga bukid; sapagka't sila'y mapuputi

na upang anihin.” At habang nagsasalita Siya, ay tinanaw Niya ang mga pulutong ng mga taong dumarating sa balon. Apat na buwan pa nga bago anihin ang trigo, nguni’t narito ang aanihing talagang handa na sa mang-aani.

“Ang umaani,” sabi Niya, “ay tumatanggap ng upa, at nagtitipon ng bunga sa buhay na walang-hanggan: upang ang naghahasik at ang umaani ay mangagalak kapwa. At dito’y totoo ang kasabihang, Isa ang naghahasik, at iba ang umaani.” Dito’y itinuturo ni Kristo ang banal na paglilingkod sa utang sa Diyos ng mga nagsisitanggap ng ebanghelyo. Dapat silang maging mga buhay Niyang kasangkapan. Hinihingi Niyang maglingkod ang bawa’t isa sa kanila. At maging tayo ay naghahasik o nagaani, ay naglilingkod din tayo sa Diyos. Isa ang naghahasik ng binhi; iba naman ang nagtitipon ng inani; subali’t ang naghahasik at ang nag-aani ay kapwa tumatanggap ng upa. Kapwa sila nagagalak sa upa sa kanilang pagpapagal.

Sinabi ni Jesus sa mga alagad, “Kayo’y sinugo Ko upang anihin ang hindi ninyo pinagpagalan; iba ang nangagpagal, at kayo’y siyang nagsipasok sa kanilang pinag-pagalan.” Ang tinatanaw dito ng Tagapagligtas ay ang malaking pag-aani sa araw ng Pentekoste. [248]
Hindi ito dapat ituring ng mga alagad na bunga ng kanilang sariling mga paggawa. Pumapasok sila sa mga pinagpaguran ng ibang mga tao. Buhat pa nang magkasala si Adan ay ipinagkatiwala na ni Kristo sa mga pili Niyang lingkod ang binhi ng Kaniyang salita, upang ihasik sa puso ng mga tao. At isang kamay na di-nakikita, na lubhang makapangyarihan, ang tahimik nguni’t mabisang gumagawa upang mapagbunga nang sagana. Ang hamog at ulan at sikat ng araw ng biyaya ng Diyos ay pawang ibinigay upang papanariwain at buhayin ang binhi ng katotohanan. Sandali na lamang at ang binhi ay didiligin na ni Kristo ng sarili Niyang dugo. Ang mga alagad Niya’y binigyan ng karapatang maging ga manggagawang kasama ng Diyos. Sila’y mga kamanggagawa ni Kristo at ng mga banal na lalaki nang una. At nang ibuhos ang Espiritu Santo noong Pentekostes, ay mga libo ang nahikayat sa isang araw. Ito ang ibinunga ng paghahasik ni Kristo, ang inani sa Kaniyang paggawa.

Sa mga pangungusap na sinabi sa babae sa tabi ng balon, ay mabubuting binhi ang inihasik, at gaano nga kaydaling inani! Nagsidating ang mga Samaritano at nakinig kay Jesus, at nagsisampalataya sa Kaniya. Nagsik-sikan sila sa palibot Niya sa tabi ng balon, at

pinaulanan nila Siya ng mga tanong, at buong kasabikan namang tinanggap nila ang Kaniyang mga paliwanag sa maraming bagay na malabo sa kanila. Habang sila'y nakikinig, nagpasimula namang mapawi ang kanilang kagulumihanan. Tulad sila sa mga taong nasa malaking kadiliman na sumusunod sa isang sinag ng liwanag hanggang sa makita nila ang araw. Nguni't hindi sila nasiyahan sa ganitong maigsing pag-uusap. Sabik silang makarinig pa, at ibig din nilang pati ang kanilang mga kaibigan ay makarinig sa kahanga-hangang Gurong ito. Kaya inanyayahan nila Siya sa kanilang bayan, at pinakiusapan Siyang maglu-magak sa kanila. Dalawang araw
[249] Siyang tumigil sa Samaria, at marami pa ang sumampalataya sa Kaniya.

Inalispusta ng mga Pariseo si Jesus dahil sa Kaniyang pagiging taong karaniwan. Pinawalang-halaga nila ang mga himalang ginawa Niya, at humingi sila ng tanda na Siya nga ang Anak ng Diyos. Datapwa't ang mga Samaritano ay walang tandang hiningi, at wala namang ginawang himala si Jesus sa harap nila, liban sa pagpahayag sa babae ng mga lihim ng buhay niya. Gayunma'y marami ang tumanggap sa Kaniya. Dahil sa kanilang katuwaan ay sinabi nila sa babae, "Ngayon ay sumampalataya kami, hindi dahil sa iyong sinabi: sapagka't kami man ay nakarinig sa Kaniya, at natatalastas naming ito nga ang Kristo, ang Tagapagligtas ng sanlibutan."

Naniwala ang mga Samaritano na darating ang Mesiyas bilang Manunubos, hindi lamang ng mga Hudyo, kundi ng buong sanlibutan. Hinulaan ni Moises sa pama-magitan ng Espiritu Santo na Siya ay isang propetang galing sa Diyos. Sinabi ni Jacob na sa Kaniya'y magtitipon ang mga bayan; at sa pamamagitan naman ni Abraham, ay pagpapalain sa Kaniya ang lahat na mga bansa sa lupa. Sa ibabaw ng mga kasulatang ito isinalig ng mga taga-Samaria ang kanilang pananampalataya sa Mesiyas. Ang ginawa ng mga Hudyong maling pagpapaliwanag sa mga huling propeta, na ikinapit sa unang pagparito ang mga karilagan at kaluwalhatian ng ikalawang pagparito ni Kristo, ay siyang umakay sa mga Samaritano na huwag nang paniwalaan ang mga banal na kasulatan maliban sa mga ibinigay sa pamamgitan ni Moises. Nguni't nang hawiin ng Tagapagligtas ang mga maling paliwanag na ito, marami ang naniwala sa mga hula ng mga huling propeta at sa mga salita ni Kristo na rin tungkol sa kaharian ng Diyos.

Pinasimulan ngayon ni Jesus na gibain ang pader na naghihiwalay sa mga Hudyo at sa ibang mga bansa, at ipinangaral din Niya ang kaligtasan sa sanlibutan. Bagama't Siya'y Hudyo, ay malaya Siyang nakihalubilo sa mga Samaritano, na niwalang-saysay ang [250] mga kaugalian ng mga Pariseo ng Kaniyang bansa. Sa harap ng kanilang pagkamuhi, ay tinanggap din Niya ang kagandahang-loob ng mga inaalipustang taong ito. Siya'y tumuloy at natulog sa kanilang mga bahay, kumaing kasalo nila sa kanilang mga hapag na kainan,—na kumain ng pagkaing inihanda at inihain ng kanilang mga kamay,—nagturo sa kanilang mga lansangan, at nagpakita sa kanila ng malaking kagandahang-loob at paggalang.

Sa templong nasa Jerusalem ay may isang mababang pader na nakapagitan sa patyo at sa ibang mga bahagi ng banal na gusali. Sa pader na ito ay may nakasulat na mga titik sa iba't ibang wika, na nagsasabing mga Hudyo lamang ang makalalampas sa hangganang ito. Kung may Hentil o tagaibang-lupang mangahas pumaloob sa pader na ito, ay malalapastangan niya ang templo, at ang parusang ibabayad niya ay ang kaniyang buhay. Nguni't si Jesus, na siyang may panukala sa templo at sa mga paglilingkod na ginagawa sa loob nito, ay siyang naglapit sa mga tagaibang-lupa sa Kaniya sa pamamagitan ng tali ng pakikiramay, samantalang inihahatid naman sa kanila ng Kaniyang banal ng biyaya ang kaligtasang tinanggihan ng mga Hudyo.

Sinadya ni Jesus ang pagtigil sa Samaria upang maging isang pagpapala sa Kaniyang mga alagad, na hanggang noon ay patuloy pa ring pinaghaharian ng mahigpit na pag-uugali ng mga Hudyo. Inakala nilang ang tunay na pagkamakabayan ay pumipilit sa kanila na kapootan din ang mga Samaritano. Nagtaka sila sa inasal ni Jesus. Hindi naman maaaring di nila sundan ang halimbawa Niya, at sa loob ng dalawang araw na pagtigil nila sa Samaria, ay tinimpi nila ang kanilang mga damdamin alang-alang sa katapatan nila sa Kaniya; gayunman sa puso nila ay naroon ang pagtutol. Bagay sanang matutuhan nila agad na ang kanilang paghamak at pagka-poot ay dapat mahalinhan ng awa at pakikiramay. Nguni't [251] nang makaakyat na sa langit ang Panginoon, ay saka nila napagalaman ang bagong kahulugan ng Kaniyang mga aral. Pagkatapos ng pagbubuhos ng Espiritu Santo, ay nagunita nila ang anyo ng Tagapagligtas, ang Kaniyang mga pangungusap, at ang paggalang at

pagmamahal na iniuukol Niya sa mga hinahamak na mga tagaibang-lupang ito. Nang si Pedro ay yumaon upang mangaral sa Samaria, ay ang diwa ring ito ang tinaglay niya sa kaniyang paggawa. Nang si Juan ay tawagin sa Efeso at Esmirna, ay naalaala niya ang karanasan sa Shechem, at siya'y napuno ng pasasalamat sa banal na Guro, na dahil sa noon pa'y nakita Nito nang pauna ang mga kahirapang kanilang masasagupa, ay binigyan sila ng sarili Nitong halimbawa na makatutulong sa kanila.

Ipinagpapatuloy pa rin ng Tagapagligtas ang gawain ding yaon ng pag-aalok ng tubig ng buhay na gaya ng alukin Niya ang babaing taga-Samaria. May mga nagba-bansag na mga alagad Niya na humahawak at umiilag makipag-usap sa mga kaawa-awang taong ito; subali't walang kalagayan ng buhay, ni kulay man ng balat, na makapaghihiwalay ng pag-ibig ni Jesus sa mga anak ng mga tao. Sa bawa't tao, pagkasama-sama man, ay sinasabi Niya, Kung humingi ka lamang sa Akin, binigyan sana kita ng buhay na tubig.

Ang paanyaya ng ebanghelyo ay hindi dapat ilaan lamang sa ilang mga taong itinatangi, na sa palagay natin ay ating ikararangal kung tatanggapin nila. Ang pabalita ay dapat ibigay sa lahat. Saanman may mga pusong handang tumanggap ng katotohanan, ay handa si Kristong sila ay turuan. Ipinakikilala Niya sa kanila ang Ama, at ang pagsambang karapat-dapat sa Kaniya na nakaba-basa ng puso. Sa mga ganito ay hindi Siya gumagamit ng mga talinhaga. Sa kanila, at sa babaing Samaritanong nasa tabi ng balon, ay sinasabi Niya, "Akong nagsasalita sa iyo ay Siya nga."

[252] Nang si Jesus ay umupo upang mamahinga sa tabi ng balon ni Jacob, ay buhat Siya sa Judea, na doo'y hindi gaano ang ibinunga ng Kaniyang ministeryo. Itinakwil Siya ng mga saserdote at ng mga rabi, at pati ng mga taong nagpapanggap na mga alagad Niya ay hindi man lamang nakahalata ng Kaniyang pagka-Diyos. Siya'y nanlalata at pagod; gayunma'y hindi Niya kinaligtaan ang pagkakataong makapagsalita sa isang babae, bagama't iyon ay tagaibang-bayan, isang dayuhan sa Israel, at hayagang namumuhay sa pagkakasala.

Hindi hinintay ng Tagapagligtas na matipon muna ang mga tao. Madalas Niyang pasimulan ang Kaniyang mga pagtuturo nang ilan lamang ang natitipon sa palibot Niya, nguni't ang isa-isang nagdaraan ay humihinto upang makinig, hanggang isang malaking karamihan ang matipon na may paghanga at pangingiming nakinig

ng mga salita ng Diyos sa pamamagitan ng Sugo-ng-Langit na Guro. Ang manggagawa ni Kristo ay hindi dapat magkaroon ng pakiramdam na hindi siya makapagsasalita nang may kasiglahan sa iilang nakikinig na di-gaya ng sa malaking pulutong. Maaaring iisa lamang ang nakikinig; subali't sino ang makapagsasabi kung gaano ang magiging impluwensiya nito? Sa mga alagad man Niya, ay waring isang maliit na bagay, upang pag-ukulan ng Tagapagligtas ng Kaniyang panahon ang isang babaing Samaritana. Nguni't dito'y nakipag-usap Siya nang may higit na kasigasigan at kahusayan kaysa pakikipag-usap Niya sa mga hari, mga pinuno, o sa mga dakilang saserdote. Ang mga aral na ibinigay Niya sa babaing iyon ay muli't muling inuulit hanggang sa pinakamalayong hangganan ng lupa.

Nang karaka-rakang masumpungan ng babaing Samaritana ang Tagapagligtas ay agad dinala nito ang mga iba sa Kaniya. Pinatunayan nitong siya'y isang lalong mabisang misyonera kaysa mga sariling alagad Niya. Sa tingin ng mga alagad ang Samaria ay isang dakong hindi magiging lubhang mabunga. Ang kanilang pag-iisip
ay napatuon sa isang malaking gawaing magagawa sa hinaharap. [253]
Hindi nila nakitang doon na rin sa palibot nila ay naroon ang aanihin. Datapwa't sa pamamagitan ng babaing kanilang hinahamak, ay isang buong bayan ang nailapit upang makinig sa Tagapagligtas. Agad nitong dinala ang liwanag sa kaniyang mga kababayan.

Ang babaing ito ay kumakatawan sa isang pananampalataya kay Kristo na gumagawa. Bawa't tunay na alagad ay ipinanganganak sa kaharian ng Diyos bilang isang misyonero. Ang umiinom ng tubig na buhay ay nagiging bukal ng buhay. Ang tumatanggap ay nagiging tagapag-bigay. Ang biyaya ni Kristong tumatahan sa kaluluwa ay tulad sa isang bukal sa gitna ng ilang, na bumabalong upang magpanariwa sa lahat, at upang yaong mga mama-matay na lamang ay makainom ng tubig ng buhay. [254]

# Kabanata 20—“Malibang Kayo’y Makakita ng mga Tanda at mga Kababalaghan”

Ang kabanatang ito ay batay sa Juan 4:43-54.

Ang mga Galileong nagsiuwing galing sa Paskuwa ay siyang nagdala ng balita tungkol sa mga kahanga-hangang gawa ni Jesus. Ang kuru-kurong iginawad sa Kaniyang mga gawa ng mga pinuno sa Jerusalem ang nagbukas ng daan upang makapasok Siya sa Galilea. Ikinalungkot ng marami sa mga tao ang pagmamalabis o paglapastangang ginagawa sa templo at ang kasakiman at kapalaluan ng mga saserdote. Inasahan nilang baka ang Taong ito, na nagpalayas sa mga pinuno, ay maaaring siya na ngang hinihintay na Tagapagligtas. Ngayo’y dumarating ang mga balita na waring nagpapatotoo sa kanilang mainam na inaasahan. Kumalat ang balitang inamin na ng propeta na Siya nga ang Mesiyas.

Datapwa’t ang mga taga-Nazareth ay hindi naniwala sa Kaniya. Dahil dito’y hindi na dumaan si Jesus sa Nazareth sa pagpunta Niya sa Cana. Sinabi ng Tagapagligtas sa Kaniyang mga alagad na ang isang propeta ay walang karangalan sa Kaniyang sariling bayan. Ang mga tao kung umuri sa kanilang mga kapwa ay ayon sa naaabot ng kanilang tingin. Si Kristo’y hinatulan ng mga may makitid at makasanlibutang pag-iisip ayon sa hamak na pinang-galingan Niya, sa aba Niyang pananamit, at sa pang-araw-araw na hanap-buhay. Hindi nila mapahalagahan ang kalinisang yaon ng diwa na walang
[255] dungis ng kasalanan.

Madaling kumalat sa buong Galilea ang balitang si Kristo ay dumating sa Cana, bagay na naghatid ng pagasa sa mga maysakit at nahihirapan. Sa Capernaum ang balitang iyon ay tumawag sa pansin ng isang mahal na taong Hudyo na isang pinunong naglilingkod sa hari. Ang anak na lalaki ng pinunong ito ay pinahihirapan ng isang karamdamang mandi’y di-mapagagaling. Tinanggihan na ito ng mga manggagamot; nguni’t nang mabalitaan ng ama si Jesus, ipinasiya nitong hingan Siya ng tulong. Malubha ang bata, at nag-alaala

silang baka hindi na nito abutang buhay ito sa kaniyang pagbabalik; gayunma'y minarapat ng mahal na taong ito na iharap din niya kay Jesus ang kalagayang iyon. Ang pag-asa niya ay baka sakaling ang mga pakiusap at dalangin ng isang ama ay makaantig ng pakikiramay sa Dakilang Manggagamot.

Pagdating niya sa Cana ay natagpuan niyang nagkakalipumpon sa paligid ni Jesus ang lubhang karamihan. Sabik ang pusong nakipagsiksikan siya hanggang sa mapaharap siya sa Tagapagligtas. Pinanghinaan siya ng loob nang makita niya ang isang lalaking karaniwan ang bihis, puno ng alikabok at pagal sa paglalakbay. Nagtalo ang kaniyang loob na baka hindi Nito magawa ang nais niyang hingin sa pagsasadya roon; gayunma'y sinikap niyang makipag-usap kay Jesus, sinabi niya ang kaniyang pakay, at pinakiusapan ang Tagapagligtas na sumama Ito sa kaniya sa pag-uwi sa bahay. Nguni't alam na ni Jesus ang kaniyang kalungkutan. Bago umalis ng tahanan ang pinuno, ay nakita na ng Tagapagligtas ang kaniyang kadalamhatian.

Nguni't alam din ni Jesus, na sa sariling pag-iisip ng ama, ay may mga kondisyon ng pagsampalataya nito sa Kaniya. Kung hindi ibibigay ang hinihingi nito, ay hindi nito tatanggapin Siyang Mesiyas. Habang naghihirap ang loob na naghihintay ang pinuno, ay nagwika si Jesus, "Malibang kayo'y makakita ng mga tanda at mga kababalaghan, ay hindi kayo magsisisampalataya." [256]

Bagama't maliwanag ang lahat ng katunayang si Jesus ay siyang Kristo, ipinasiya pa rin ng humihiling na ito na hindi niya Siya paniniwalaan kung hindi ibibigay ang kaniyang hinihingi. Inihambing ng Tagapagligtas ang urong-sulong na paniniwalang ito sa simpleng pananampalataya ng mga Samaritano, na hindi humingi ng anumang kababalaghan o tanda. Ang Kaniyang salita, na siyang laging-naroroong katunayan ng Kaniyang pagka-Diyos, ay may kapangyarihang nakahikayat sa kanilang mga puso. Dinamdam ni Kristo ang pangyayaring ang sarili Niyang bayan, na pinagkatiwalaan ng mga Banal na Kasulatan, ay hindi makarinig ng tinig ng Diyos na nagsa-salita sa kanila sa pamamagitan ng Kaniyang Anak.

Datapwa't ang mahal na tao ay may kaunting pananampalataya; sapagka't naparoon siya upang humingi ng sa ganang kaniya ay siyang pinakamahalaga sa lahat ng mga pagpapala. Si Jesus ay may maibibigay na lalo pang mahalaga. Ang nais Niya ay hindi lamang

pagalingin ang batang may sakit, kundi ang mahal na taong ito at pati ang mga kasambahay nito ay makatanggap ng mga pagpapala ng kaligtasan, at upang makapagsindi ng isang ilaw sa Capernaum, na hindi magluluwat at siyang magiging bukiran na Kaniyang gagawan. Nguni't dapat munang madama ng mahal na tao ang pangangailangan niya bago niya hingin o naisin ang biyaya ni Kristo. Ang mahal na taong ito ay kumakatawan sa marami niyang kababayan. Ang ibig lamang nila kay Jesus ay ang ukol sa sarili nilang kapakinabangan. Inasahan nilang sila'y tatanggap ng tanging pakinabang sa pamamagitan ng Kaniyang kapangyarihan, at isinalig nila ang kanilang pananampalataya sa pagtanggap ng lumilipas na pagpapalang ito; subali't wala silang kamalayan tungkol sa kanilang sakit na ukol sa espiritu, at wala silang pagkadama sa pangangailangan nila ng biyaya ng Diyos.

Katulad ng kislap ng liwanag, inilantad ng mga salita ng Taga-
[257] pagligtas ang tunay na nilalaman ng puso ng mahal na tao. Nakita niyang makasarili ang kaniyang mga adhikain sa paghanap kay Jesus. Nakita niya ngayon ang tunay na uri ng kaniyang urong-sulong na pananam-palataya. Gayon na lamang ang pagkalungkot niya nang madama niyang ang kaniyang pag-aalinlangan ay maaaring maging dahilan ng pagkamatay ng kaniyang anak. Talastas niyang siya'y nasa harap ng Isa na nakababasa ng mga iniisip ng tao, at sa Kaniya ang lahat ng mga bagay ay maaaring mangyari. Buong paghihirap ng loob na siya'y nakiusap, "Ginoo, lumusong Ka bago mamatay ang aking anak." Ang kaniyang pananampalataya ay nang-hawak kay Kristo na gaya ni Jacob, na nang makipag-buno sa Anghel, ay sumigaw, "Hindi kita bibitiwan hanggang hindi Mo ako binabasbasan." Genesis 32:26.

Tulad ni Jacob siya'y nanaig. Hindi lalayo si Kristo sa taong nangungunyapit sa Kaniya, na nakikiusap sa malaki nitong pangangailangan. "Yumaon ka ng iyong lakad," wika Niya; "buhay ang anak mo." Umalis ang mahal na tao sa harap ng Tagapagligtas na may kapaya-paan at katuwaang di-kailanman niya nakilala nang una. Hindi lamang siya nanampalataya na gagaling ang kaniyang anak, kundi nagtibay din ang kaniyang pagtitiwala kay Kristo bilang siyang Manunubos.

Nang oras ding yaon ay napansin ng mga nagbabantay sa tabi ng naghihingalong bata sa tahanan sa Capernaum ang isang bigla

at mahiwagang pagbabago. Ang anino ng kamatayang nakabadha sa mukha ay nawala. Ang tindi ng lagnat ay nahalinhan ng pamamanaag ng nagbabalik na kalusugan. Ang mga matang kinukulaba ay nangislap, at nanumbalik ang lakas sa mahina at payat na katawan. Naparam ang lahat ng tanda ng karamdaman sa bata. Ang parang-nagbabagang katawan nito ay naging malambot at halumigmig, at ito'y nakatulog nang tahimik. Naibsan ito ng lagnat sa gitna ng kainitan ng araw. Namangha ang buong sambahayan, at gayon na lamang kalaki ang pagkakatuwaan. [258]

Ang Cana ay hindi gaanong malayo sa Capernaum at maaaring marating ng pinuno ang kaniyang bahay nang kinagabihan pagkaraan ng kaniyang pakikiusap kay Jesus; nguni't hindi siya nagmadali sa pag-uwi. Kinabuka-san na ng umaga nang sapitin niya ang Capernaum. O kaysayang pag-uwi yaon! Nang hanapin niya si Jesus, ay tigib ng lumbay at alalahanin ang kaniyang puso. Waring masungit sa kaniya ang sikat ng araw, at ang awitan ng mga ibon ay parang nanlilibak. O ngayo'y ibang-iba ang kaniyang pakiramdam! Ang buong kalikasan ay nagbagong-bihis sa kaniyang pangmalas. Nabago ang kaniyang tingin. Sa paglalakad niya sa katahimikan ng umaga, ang buong kalikasan ay waring nagpupuri sa Diyos na kasama niya. Malayu-layo pa siya sa kaniyang tahanan. ay sinalubong na siya ng kaniyang mga alipin, sa malaking pagnanais na maibsan siya ng alalahaning akala nila'y naghahari pa sa kaniyang kalooban. Datapwa't hindi siya kinamalasan ng pagtataka sa kanilang ibinalita, sa halip ay may malaking pananabik na itinanong niya kung anong oras nagsimulang bumuti ang kalagayan ng bata. Sila'y nagsisagot, "Kahapon nang may ikapitong oras ay inibsan siya ng lagnat." Noon ngang sandaling manghawak ang pananampalataya ng ama sa pangakong, "Buhay ang anak mo," ay hinipo ng pag-ibig ng Diyos ang batang nasa bingit na ng kamatayan.

Nagmadaling nilapitan ng ama ang kaniyang anak. Niyakap niya ito nang mahigpit na para bagang isa na itong patay na muling nabuhay, at paulit-ulit na pinasalamatan ang Diyos sa kahanga-hangang pagpapagaling na ito.

Kinasabikan ng mahal na taong maragdagan pa ang kaniyang pagkakilala kay Kristo. At nang dakong huling mapakinggan niya ang Kaniyang aral, siya at ang kaniyang buong sambahayan ay naging mga alagad. Ang kanilang kapighatian ay naging pagpapala

na ikinahikayat ng buong mag-anak. Ang balita tungkol sa kaba-
[259] balaghan ay lumaganap; at sa Capernaum, na doon naganap ang lubhang marami Niyang mga makapangyarihang gawa, ay nahanda ang daan para sa pansariling ministeryo ni Kristo.

Siya na nagpala sa mahal na tao sa Capernaum ay may hangad ding tayo'y pagpalain. Nguni't tulad ng namighating amang ito, tayo'y malimit na naaakay na hanapin si Jesus dahil sa paghahangad ng makalupang kagalingan; at kapag natanggap natin ang ating hinihingi ay saka tayo nagtitiwala sa Kaniyang pag-ibig. Nais ng Tagapagligtas na tayo'y bigyan ng lalong malaking pagpapala kaysa ating hinihingi; at inaantala Niya ang pagtugon sa ating hinihingi upang maipakita Niya sa atin ang kasamaan ng ating sariling mga puso, at ang malaking pangangailangan natin ng Kaniyang biyaya. Ibig Niyang pagsisihan natin at itakwil ang ating kasakiman at pagkamakasarili na siyang umaakay sa atin upang hanapin Siya. At sa pagtatapat natin sa Kaniya ng ating kawalang-kaya at malaking pangangailangan, ay dapat nating ipagkatiwala nang lubusan ang ating mga sarili sa Kaniyang pag-ibig.

Ibig ng mahal na taong makita muna na natupad ang kaniyang idinalagin bago siya maniwala; subali't dapat niyang paniwalaan ang salita ni Jesus na dininig na ang kaniyang kahilingan at ipinagkaloob na ang pagpapala. j Ito rin ang aral na dapat nating matutuhan. Hindi dahil sa nakikita natin o nadarama na pinakikinggan tayo ng Diyos ay saka tayo maniniwala. Dapat tayong magtiwala sa Kaniyang mga pangako. Kapag tayo'y lumalapit sa Kaniya na may pananampalataya, lahat ng ating hinihiling ay nakararating sa puso ng Diyos. Kapag humingi tayo ng pagpapala Niya, ay dapat nating paniwalaan na tinatanggap natin ito, at pasalamatan natin Siya na atin nang tinanggap ito. Kung magkagayo'y makagaganap tayo ng ating mga gawain, na taglay ang katiyakang sasaatin ang pagpapala sa panahong kailangan natin ito. Pagka natutuhan natin itong gawin, ating
[260] malalaman na ang ating mga panalangin ay sinasagot. Gagawa ang Diyos para sa atin nang "lubhang sagana," "ayon sa mga kayamanan ng Kaniyang kaluwalhatian," at "ayon sa gawa ng kapangyarihan ng
[261] Kaniyang lakas." Efeso 3:20. 16; 1:19.

## Kabanata 21—Bethesda at Sanedrin

Ang kabanatang ito ay batay sa Juan 5.

“Sa Jerusalem nga’y may isang tangke sa tabi ng mga tupa, na sa wikang Hebreo ay tinatawag na Bethesda, na may limang portiko. Sa mga ito ay nangakahandusay ang marami sa kanilang mga maysakit, mga bulag, mga pilay, mga natutuyo, na nagsisipaghintay ng pagkalawkaw ng tubig.”

May mga panahon na ang tubig ng tangkeng ito ay gumagalaw o umaalon, at laganap ang paniniwalang ito ay hindi gawa ng tao, at sinuman ang maunang lumusong dito pagka nakalawkaw na ang tubig, ay gagaling sa anumang sakit na tinataglay niya. Daan-daang maysakit ang naparoroon; nguni’t lubhang napakarami ang nagkakagulo pagka gumalaw na ang tubig na anupa’t sa kanilang paguuna-unahan, ay may mga nayuyurakang lalaki, babae, at mga bata, na higit na mahihina kaysa iba. Marami ang hindi man lamang makalapit sa tabi ng tangke. Ang mga iba namang nagtatagumpay na makaabot dito ay namamatay na pagsapit sa gilid nito. May mga silungang itinayo sa palibot ng dakong ito, upang ang mga maysakit ay makapanganlong sa init kung araw at sa lamig naman kung gabi. May mga maysakit na magdamagang nasa mga portikong ito, na gumagapang nang pausad-usad patungo sa gilid ng tangke sa araw-araw, sa pagnanasang gumaling. [262]

Si Jesus ay muling napasa Jerusalem. Sa paglalakad Niyang mag-isa, na waring nagninilay at nananalangin, ay dumating Siya sa tangke. Nakita Niya ang mga kaawaawang maysakit na nagsisipag-abang ng ipinalalagay nilang tangi nilang pagkakataon na gumaling. Nasasabik Siyang gamitin ang Kaniyang kapangyarihang nagpapa-galing, at pabutihin ang bawa’t maysakit. Nguni’t noon ay araw ng Sabado. Mga karamihan ang nagtutungo sa templo upang sumamba, at talos Niyang kung Siya’y magpapagaling ay lilikha ito ng di-mabuting damdamin sa mga Hudyo at yao’y magpapaigsi sa Kaniyang paggawa.

Datapwa't nakakita ang Tagapagligtas ng isang lubhang kahabag-habag. Ito ay isang lalaking tatlumpu't walong taon nang lumpo. Ang malaking bahagi ng kaniyang pagkakasakit ay bunga ng sarili niyang kagagawan o kasalanan, at kaya itinuturing na ito ay parusa sa kaniya ng Diyos. Walang kasama at walang kaibigan, at nagaakalang siya'y hindi na kahahabagan pa ng Diyos, ang maysakit ay dinaanan ng mahabang panahon na nasa ganitong paghihirap. Sa panahong inaasahang malapit nang kalawkawin ang tubig, ang mga nagdadalang-habag sa kaawa-awang kalagayan niya ay binubuhat siya patungo sa mga silungan o portiko. Nguni't sa sandali ng pagkalawkaw ay wala namang maglusong sa kaniya. Nakikita niya ang pag-alon ng tubig, nguni't hanggang sa bingit lamang ng tangke siya nakararating. Ang ibang lalong malakas kaysa kaniya ay bigla na lamang lumulundag na una sa kaniya. Hindi niya magawang makipag-unahan sa mga makasarili't nagsisipag-unahang karamihan. Ang kaniyang mga pagpipilit na makalusong, at ang kaniyang pagkabalisa at palaging pagkabigo, ay siyang mabilis na umuubos ng natitira pa niyang lakas.

Ang maysakit ay nakahiga sa kaniyang banig, at paminsan-
minsa'y inaangat ang kaniyang ulo upang tingnan ang tangke, na'ng
[263] kaginsa-ginsa natawag ang pansin niya ng isang maawaing mukha
[264] na tumunghay sa kaniya, at magiliw na nagwika, "Ibig mo bang
gumaling?" Dinalaw ng pag-asa ang kaniyang puso. Nadama niyang mayroon pang tutulong sa kaniya. Nguni't ang liwanag ng pag-asa ay dagling naparam. Naalaala niya kung gaano kalimit niyang pinagsikapang marating ang tangke, at ngayo'y maliit ang pag-asa niyang mabuhay hanggang sa iyon ay muling makalawkaw. Ipinihit niyang may katamlayan ang kaniyang mukha, at nagsabi, "Ginoo, walang taong maglusong sa akin sa tangke, pagka kinalawkaw ang tubig: kundi pagka ako'y lumalapit, ay may iba nang lumulusong na una sa akin."

Hindi sinabi ni Jesus sa maysakit na magkaroon ito ng pananampalataya sa Kaniya. Sinabi lamang Niyang, "Magtindig ka, buhatin mo ang iyong higaan, at lumakad ka." Nguni't pinanghawakan ng tao ang salitang yaon. At bawa't hibla ng kalamnan at ng ugat ay dinaluyan ng panibagong buhay, at nagkaroon ng sigla at lakas ang kaniyang mga lumpong paa. Walang tanung-tanong na ipinasiya niyang sundin ang utos ni Kristo, at ang lahat niyang mga kalamnan

ay tumalima sa kaniyang kalooban. Sa pagtindig niya, ay nasumpungan niyang siya'y naka-lalakad na.

Si Jesus ay walang binitiwang pangako na siya'y tutulungan ng Diyos. Maaaring siya'y mag-atubili at magalinlangan, at sa gayo'y mawalan ng kaisa-isang pagkakataong gumaling. Nguni't sinampalatayanan niya ang salita ni Kristo, at nang talimahin niya iyon ay tumanggap siya ng kalakasan.

Sa pamamagitan ng ganito ring pananampalataya ay makatatanggap tayo ng paggaling na ukol sa espiritu. Dahil sa kasalanan ay nahiwalay tayo sa buhay ng Diyos. Nagkaramdam ang ating mga kaluluwa. Sa ating mga sarili ay wala tayong kayang mabuhay ng isang banal na kabuhayan na tulad din ng lumpong ito na walang kayang lumakad. Marami ang kumikilala sa kanilang kawalang-ma- [265] gagawa, at nagsisipagnasang sana'y magkaroon sila ng kabuhayang espirituwal na aakay sa kanila sa pakikipagkaisa sa Diyos; bigo sila sa kanilang pagsisikap na magtamo nito. Sa kanilang kawalang-pag-asa ay sumisigaw sila, "O abang tao ako! sino ang magliligtas sa akin sa katawan nitong kamatayan?" Roma 7:24. Bayaang ang mga nawawalan ng pag-asa at nagsisipagpunyaging ito ay magsitingala. Ang Tagapagligtas ay nakatunghay sa bawa't binili ng Kaniyang dugo, at taglay ang di-maipahayag na pagmamahal at pagkahabag na nagsasabing, "Ibig mo bang gumaling?" Inaatasan ka Niyang tumindig sa kalusugan at kapayapaan. Huwag mong hintaying maramdamang ikaw ay pinagaling. Sukat na paniwalaan mo ang Kaniyang salita, at ito ay mangyayari. Uagay mo ang iyong kalooban sa panig ni Kristo. Kalooban na maglingkod sa Kaniya, at sa pagtalima mo sa Kaniyang salita ay tatanggap ka ng kalakasan. Anuman ang kasamaang ginawa, ang nakapamamayaning damdamin na sa maluwat na pagpapairog dito ay gumagapos sa kaluluwa at katawan, ay kaya at ibig ni Kristong kayo'y makalaya. Bibigyan Niya ng buhay ang kaluluwang "patay sa mga pagsalansang." Efeso 2:1. Palalayain Niya ang mga bihag o talun-talunan ng kahinaan at ng kawalang-kapalaran at ng mga tanikala ng kasalanan.

Ang pinagaling na lumpo ay yumuko upang buhatin ang kaniyang higaan, na isa lamang saping basahan at isang kumot, at nang siya'y umunat na muling taglay ang pagkadama ng kaginhawahan, ay luminga-linga siya sa palibot upang tingnan ang Nagpagaling sa kaniya; nguni't si Jesus ay nawala na sa gitna ng

karamihan. Nagalaala ang lalaki na baka hindi niya Ito makilala sakaling makita niya Ito uli. Nang siya'y lumakad nang nagmamadali na matatag at maluluwang ang hakbang, na nagpupuri sa Diyos at nagagalak sa bagong lakas na kaniyang katatanggap, ay may nasalubong siyang mga Pariseo at karaka-rakang sinabi niya
[266] sa kanila ang kaniyang paggaling. Siya'y nagtaka sa kalamigan ng pakikinig ng mga ito sa kaniyang pagbabalita.

Nakakunot ang noong pinigil nila ang kaniyang paglalahad, at siya'y tinanong kung bakit dinadala niya ang kaniyang higaan sa araw ng Sabado. Mahigpit nilang pinaalalahanan siya na hindi matwid na magdala ng pasan sa araw ng Panginoon. Sa tuwa ng lalaki ay nalimutan niyang araw pala noon ng Sabado; gayon pa man ay wala siyang naramdamang siya'y nagkakasala sa pagtalima niya sa utos ng Isa na may gayong kapangyarihang buhat sa Diyos. Kaya sumagot siyang may katapangan, "Ang Nagpagaling sa akin, ay Siya ring sa akin ay nagsabi, Buhatin mo ang iyong higaan, at lumakad ka." Itinanong nila kung sino ang gumawa nito, nguni't hindi niya masabi. Alam na alam ng mga pinunong ito na Iisa lamang ang napakilalang Siya ang may kakayahang gumawa ng kababalaghang ito; nguni't ang hinahangad nila ay tiyak na patotoong si Jesus nga, upang Siya ay mahatulan nila na lumalabag sa Sabado. Sa kanilang kuru-kuro ay hindi lamang nilabag Niya ang utos sa pagkakapagpagaling sa lalaking may sakit sa araw ng Sabado, kundi naging lapastangan pa dahil sa pag-uutos na buhatin ang higaan nito.

Pinasama nang gayon na lamang ng mga Hudyo ang kautusan na anupa't ito ay ginawang isang pamatok ng pagkaalipin. Ang kanilang mga walang-katuturang bilin ay naging isa nang kasabihan sa gitna ng mga bansa. Ang Sabado ay siyang tanging-tanging binakuran nila ng lahat ng uri ng walang-katuturang mga pagbabawal. Sa kanila'y hindi iyon isang kaluguran, ang banal ng Panginoon, na marangal. Ang pangingilin sa araw na ito ay ginawa ng mga eskriba at mga Pariseo na isang napakabigat na pasan. Ang isang Hudyo ay hindi pinahihintulutang magpaningas ng apoy ni magsindi man ng kandila sa araw ng Sabado. Dahil dito ang mga tao'y nagsiasa sa mga Hentil sa maraming paglilingkod na magagawa naman nila
[267] nguni't ipinagbabawal ng kanilang mga tuntunin na gawin nila para sa kanilang mga sarili. Hindi nila nilimi na kung talagang kasalanan ang paggawa niyon, ang mga umuupa ng iba upang gumawa ng mga

yaon ay nagkakasala na rin na parang sila na rin ang gumawa. Ang akala nila ang kaligtasan ay sa mga Hudyo lamang, at sapagka't ang kalagayan ng iba ay wala nang pag-asa, ay hindi na bale kung sila man ang gumawa. Datapwa't ang Diyos ay hindi nagbigay ng mga utos na hindi masusunod ng lahat. Ang Kaniyang mga utos ay hindi umaayon sa di-makatwiran o sa makasariling mga pagbabawal.

Natagpuan ni Jesus sa templo ang lalaking Kaniyang pinagaling. Nagtungo ito roon upang magdala ng handog na patungkol sa kasalanan at ng handog na pasasalamat dahil sa malaking awa na kaniyang tinanggap. Nang makita ito ni Jesus sa gitna ng mga sumasamba, ay nagpakilala Siya, na kalakip ang nagbababalang pangungusap, "Narito, ikaw ay pinagaling na: huwag ka nang magkasala pa, baka lalo pang masama ang mangyari sa iyo."

Labis ang galak ng lalaki nang makatagpo ang sa kaniya'y Nagpagaling. At palibhasa'y wala itong kaalam-alam na may matinding galit kay Jesus ang mga Pariseo, ay sinabi nito sa kanila, na si Jesus nga ang sa kaniya'y nag-pagaling. "Dahil dito'y inusig ng mga Hudyo si Jesus, at sinikap na patayin Siya, sapagka't ginawa Niya ang mga bagay na ito sa araw ng Sabado."

Si Jesus ay dinala nila sa harap ng Sanedrin upang managot sa salang paglabag sa Sabado. Kung nang panahong ito ay isa nang bansang nagsasarili ang mga Hudyo, ang ganyang paratang ay sapat na upang Siya'y maipa-patay. Nguni't ito'y hindi nila magawa dahil sa sila'y nasa ilalim ng kapangyarihan ng Roma. Ang mga Hudyo ay walang kapangyarihang magparusa ng kamatayan, at ang paratang nila kay Kristo ay hindi pahahalagahan sa hukumang Romano. Kung sabagay ay mayroon pa silang iba pang bagay na mga nilalayon. Nguni't kahit na gawin nila ang lahat nilang makakaya upang mahadlangan ang Kaniyang gawain, ay lalo namang lumalaganap ang [268]
pagkabantog ni Kristo sa mga tao kaysa kanila, maging sa Jerusalem. Ang mga karamihan na hindi mawili sa mga panunuligsa ng mga rabi ay naakit ng Kaniyang aral. Nauunawaan nila ang Kaniyang mga salita, at ang kanilang mga puso ay sumisigla at naaaliw. Ipinakilala Niya ang Diyos, hindi bilang isang mapaghiganting hukom, kundi bilang isang Amang mapagmahal, at inihayag Niya ang wangis ng Diyos ayon sa namamalas sa Kaniyang sarili. Ang mga salita Niya ay parang balsamo sa nasugatang damdamin. Sa pamamagitan ng Kaniyang mga salita at mga gawa ng kaawaan ay sinira Niya ang

mapaniil na kapangyarihan ng matatandang kasabihan at mga utos na gawa ng tao, at kahalili nito'y iniharap Niya ang dimasayod na pag-ibig ng Diyos.

Sa isa sa mga kauna-unahang hula tungkol kay Kristo ay ganito ang nasusulat, "Ang setro ay hindi mahihiwalay sa Juda, ni ang tungkod ng pagkapuno sa pagitan ng kaniyang mga paa, hanggang sa ang Shiloh ay dumating; at sa kaniya tatalima ang mga bansa." Genesis 49; 10. Ang mga tao ay nagtitipon kay Kristo. Ang mga pusong masunurin ng karamihan ay nagsitanggap ng mga aral ng pag-ibig at kagandahang-loob na kahalili ng mga patay na seremonya na ipinatutupad ng mga saserdote. Kung hindi lamang laging nakikialam ang mga rabi at mga saserdote, nakagawa sana ang Kaniyang mga aral ng isang pagbabagong hindi pa kailanman nasaksihan sa sanlibutang ito. Nguni't ipinasiya ng mga pinunong ito na sirain ang impluwensiya ni Jesus, upang mapanatili nila ang kanilang kapangyarihan. Upang ito'y maisagawa ay dinala Siya sa harap ng Sanedrin, at lantarang hinamak ang Kaniyang mga aral; sapagka't malaki pa rin ang paggalang ng mga tao sa mga pinuno nilang ukol sa relihiyon. Ang sinumang mangahas na humamak sa
[269] mga utos ng mga rabi, o kaya'y magtangkang magbawas sa mga pasang iniatang nila sa mga tao, ay itinuturing na nagkakasala, hindi lamang ng pamumusong, kundi ng pagtataksil din naman. Ito ang kasalanang ibig nilang ibintang kay Kristo. Ipinakilala nilang Siya'y nagsisikap na sirain ang natatag nang mga matatandang kaugalian, na siyang nagiging sanhi na pagkakahati ng bayan, at nagiging daan upang sila'y lubusang maalipin ng mga Romano.

Datapwa't ang mga panukalang pinagpipilitang gawin ng mga rabing ito ay sa ibang kapulungan nagbuhat at hindi sa Sanedrin. Pagkatapos na si Kristo'y hindi nagapi ni Satanas sa ilang, ay pinisan nito ang lahat nitong hukbo upang Siya'y salansangin sa Kaniyang ministeryo, at kung mangyayari din lamang ay biguin ang Kaniyang gawain. Ang hindi nito magawa nang tiyakan at harapan ay sinikap nitong magawa sa pamamagitan ng lalang. Pagkaurong na pagkaurong nito sa pakikipagtunggali sa ilang ay pinulong nito ang lahat nitong katulung-tulong na mga anghel, at ito'y bumalangkas ng mga paraan upang bulagin ang pag-iisip ng bansang Hudyo, at nang hindi nila makilala ang kanilang Manunubos. Binalak nitong gumawa sa pamamagitan ng mga taong kinaka-sangkapan nito sa daigdig

ng relihiyon, sa pamamagitan ng pagsisilid sa loob nila ng sarili nitong pagkapoot laban sa Tagapagtanggol ng katotohanan. Aakayin nito sila na itakwil si Kristo at gawing masaklap ang Kaniyang buhay hangga't maaari, upang papanghinain ang Kaniyang loob sa Kaniyang misyqn. At ang mga pinuno ng Israel ang naging mga galamay o mga kasangkapan ni Satanas sa pakikipagbaka laban sa Tagapagligtas.

Si Jesus ay naparito upang "dakilain ang kautusan, at gawin itong marangal." Hindi Niya babawasan ang karangalan nito, kundi bagkus ito'y Kaniyang itataas. Ang sabi ng Kasulatan ay, "Siya'y hindi manlulupaypay o maduduwag man, hanggang sa mailagay Niya ang kahatulan sa lupa." Isaias 42:21, 4. Naparito Siya upang alisin ang mga pampabigat na tagubiling idinagdag nila sa Sabado [270]
na siyang dahilan kung bakit ito'y naging isang sumpa sa halip na pagpapala.

Ito ang dahilan kung kaya Niya piniling sa araw ng Sabado gawin ang pagpapagaling sa Bethesda. Maaari Niyang pagalingin ang maysakit sa alinmang araw ng sanlinggo: o kaya'y mapagagaling din Niya ito, nang hindi na iuutos pa na dalhin nito ang kaniyang higaan. Nguni't ang ganito ay hindi magbibigay sa Kaniya ng pagkakataong maipakilala ang Kaniyang hangad. Ang bawa't gawa sa buhay ni Kristo ay nakasalalay sa makatarungang hangarin. Bawa't bagay na ginawa Niya ay mahalaga at may itinuturo. Sa mga maysakit na naghihintay sa tangke ay pinili Niya ang pinakamalubha upang doon gamitin ang Kaniyang kapangyarihang nagpapagaling, at iniutos Niya sa lalaki na buhatin ang higaan nito at idaan sa loob ng bayan upang matanyag ang dakilang gawang ginawa Niya rito. Ito nga ang magbabangon ng katanungan na kung anong gawa ang matwid na gawin sa araw ng Sabado, at ito rin ang magbubukas ng daan sa Kaniya upang masabi Niya ang mga maling paghihigpit na ginagawa ng mga Hudyo tungkol sa pangingilin ng araw ng Panginoon, at ang pagiging-walang-kabuluhan ng mga tradisyon o sali't saling sabi nila.

Sinabi sa kanila ni Jesus na ang gawang pagpapagaling sa araw ng Sabado ay naaayon sa kautusan. Iyon ay naaayon sa gawa ng mga anghel ng Diyos, na nagmamanhik-manaog sa langit at lupa upang maglingkod sa nagdurusang sangkatauhan. Ipinahayag ni Jesus, "Hanggang ngayo'y gumagawa ang Aking Ama, at Ako'y guma-

gawa." Lahat ng mga araw ay pawang sa Diyos, upang maitaguyod Niya ang Kaniyang mga panukala para sa sangkatauhan. Kung tumpak ang paliwanag ng mga Hudyo sa kautusan, kung gayon ay mali si Jehova sa Kaniyang gawang pagbibigay-buhay at pag-
[271] alalay sa bawa't bagay na nabubuhay magmula nang ilagay Niya ang mga patibayan ng lupa; kung gayon Siya na nagsabing mabuti ang lahat Niyang ginawa, at nagtatag ng Sabado upang umalaala sa pagkatapos ng lahat Niyang ginawa, ay dapat sanang tumigil na sa Kaniyang paggawa, at ihinto na rin ang walang-katapusang pag-alalay sa santinakpan.

Pagbabawalan ba ng Diyos ang araw sa pagtupad nito ng tungkulin sa araw ng Sabado, na pipigilin ang mabiyaya nitong mga sinag sa pagpapainit sa lupa at sa pagkakandili sa mga pananim? Patitigilin ba sa buong banal na araw na yaon ang pag-inog at pagsasalimbayan ng mga sanlibutan? Uutusan ba Niya ang mga batis na huwag basain ang mga bukid at mga gubat, at pagbibilinan ba ang mga alon ng dagat na tumigil sa kanilang walang-tigil na pagbaba at paglaki? Patitigilin ba ang pagtubo ng palay at ng mais, at ang pagkahinog ba ng mga bunga ng halaman ay ipagpapaliban? Patitigilin ba ang pamumuko ng mga punungkahoy at ang pamumu-kadkad ng mga bulaklak sa araw ng Sabado?

Sa ganyang kalagayan, ay hindi na malalasap ng mga tao ang mga bunga ng lupa, at ang mga pagpapala na siyang nagpapaging kanais-nais sa buhay. Dapat magpatuloy ang kalikasan o katalagahan sa kaniyang di-nagbabagong gawain. Ni isa mang saglit ay di-mapatitigil ng Diyos ang Kaniyang kamay sapagka't ang tao ay manghihina at mamamatay. At ang tao man naman ay mayroon ding gawaing dapat gampanan sa araw na ito ng Sabado. Ang mga kailangan ng buhay ay marapat asikasuhin, ang mga maysakit ay dapat alagaan, at ang mga nangangailangan ay dapat tulungan. Hindi Niya ibibilang na walang-kasalanan ang sinumang ayaw tumulong sa mga nasa kahirapan sa araw ng Sabado. Ang banal na araw ng kapahingahan ng Diyos ay ginawa dahil sa tao, at ang mga gawang pagkahabag ay lubos na kaayon ng layunin nito. Hindi ibig ng Diyos na magtiis nang isang oras na paghihirap ang Kaniyang mga nilalang
[272] na mabibigyan naman ng ginhawa sa araw ng Sabado o sa anumang ibang araw.

Ang mga hinihingi sa Diyos sa araw ng Sabado ay lalo pang marami kaysa ibang mga araw. Iniiwan ng Kaniyang bayan ang kanilang karaniwang hanapbuhay sa araw na iyan, at kanilang gin-ugugol ang panahon sa pagbubulay-bulay at pagsamba. Higit na marami ang hini-hingi nila sa Kaniya sa araw ng Sabado kaysa ibang mga araw. Hinihingi nila ang Kaniyang tanging paglingap. Nilulunggati nila ang Kaniyang pinakapiling mga pag-papala. Hindi hinihintay ng Diyos na lumipas muna ang Sabado bago Niya ip-inagkakaloob ang mga hinihinging ito. Di-kailanman naglilikat ang mga gawa ng Diyos, kaya ang mga tao ay hindi rin dapat tumigil sa paggawa ng mabuti. Hindi binalak na ang Sabado ay maging isang araw ng pagtatamad-tamaran. Ang ipinagbabawal ng kautusan ay ang paggawa ng mga karaniwang gawaing pang-araw-araw sa araw na ipinagpahinga ng Panginoon; ang gawaing pinagkakaki-taan ng ikabubuhay ay dapat itigil; ang anumang paggawang ukol sa makasanlibutang kalayawan o kapakinabangan ay di-matwid na gawin sa araw na iyan; kundi kung paanong ang Diyos ay tumigil sa Kaniyang gawang paglalang, at nagpahinga sa araw ng Sabado at pinagpala ito, ay gayundin dapat iwan ng tao ang gawang pagha-hanapbuhay sa banal na araw na ito, at italaga ang mga banal na oras sa nakapagpapalusog na pamamahinga, sa pagsamba, at sa mga gawaing banal. Ang ginawa ni Kristo na pagpapagaling ng maysakit ay lubos na naaayon sa kautusan. Ito'y nagbigay-dangal sa Sabado.

Sinabi ni Jesus Siya'y may mga karapatan ding kapantay ng sa Diyos sa paggawa ng gawaing kasimbanal at kasing-uri ng ginawa ng Amang nasa langit. Nguni't ito'y lalo pang ikinagalit ng mga Pariseo. Sapagka't ayon sa kanilang pagkaunawa, ay hindi lamang nilabag Niya ang kautusan, kundi nakipantay pa Siya sa Diyos sa [273]
pagtawag Niya sa Diyos na "Kaniyang sariling Ama." Juan 5:18, R.V.

Ang Diyos ay tinatawag ng buong bansa ng mga Hudyo na kanilang Ama, kaya hindi sana dapat na kanilang lubhang ikagalit kung ituring man ni Kristong Siya'y isa ring katulad nila sa pagtawag sa Diyos. Nguni't pinaratangan nila Siya ng pamumusong, bagay na nagpa-pakilalang naunawaan nila Siya bilang nakikipantay nga sa Diyos.

Ang mga kalabang ito ni Kristo ay walang maiharap na mga katwiran laban sa mga katotohanang ipinasok Niya sa kanilang mga

budhi. Ang nasasabi lamang nila ay ang kanilang kinamulatang mga kaugalian at mga kasabihan, at ang mga ito ay nagmukhang mahina at mabuway nang ihambing sa mga katwiran ni Jesus na buhat sa Salita ng Diyos at sa di-nababagong takbo ng katalagahan. Kung talagang ang nais ng mga rabi ay tumanggap ng liwanag, sana'y naniwala na sila na kato-tohanan ang sinabi ni Jesus. Nguni't iniwasan nila ang mga katwirang ibinangon Niya tungkol sa Sabado, at bagkus lumikha sila ng galit laban sa Kaniya dahil sa sinabi Niyang Siya'y kapantay ng Diyos. Ang galit ng mga pinuno ay walang pagsidlan. Kung hindi lamang nangingilag sa bayan ang mga rabi at mga saserdoteng ito, pinatay na sana nila si Jesus noon din. Datapwa't malakas ang damdamin ng bayang panig sa Kaniya. Marami ang kumilalang si Jesus ay isa nilang kaibigan na nagpagaling ng mga sakit nila at umaliw sa kanilang mga kadalamhatian, at kinilala nilang matwid ang Kaniyang pagkakapagaling sa lumpong nasa Bethesda. Kaya pansamantalang napilitan ang mga lider na ito na palipasin ang kanilang galit.

Sinagot ni Jesus ang kanilang paratang na pamumusong. Ang Aking kapangyarihan, wika Niya, sa paggawa ng gawaing ipinaparatang ninyo sa Akin, ay ang Aking pagiging Anak ng Diyos, na
[274] kaisa Niya sa likas, sa kalooban, at sa panukala. Sa lahat Niyang mga gawa ng paglalang at pamamatnubay, ay nakipagtulungan Ako sa Diyos. "Ang Anak ay walang magagawang anuman sa Kaniyang sarili, kundi ang nakikita Niyang ginagawa ng Ama." Ang mga rabi at mga saserdote ay humihingi sa Anak ng Diyos ng katibayan sa paggawa ng gawaing ipinarito Niya sa sanlibutan. Nangapahiwalay sila sa Diyos dahil sa kanilang mga kasalanan, at ngayo'y inilalayo pa sila sa Kaniya ng kanilang kapalaluan. Inaakala nilang alam na nila ang lahat-lahat, kaya hindi na nila kailangan ang lalong mataas na karunungan na papatnubay sa kanilang mga gawa. Nguni't ang Anak ng Diyos naman ay napasasakop sa kaloban ng Ama, at umaasa sa Kaniyang kapangyarihan. Lubos na hinubad ni Kristo sa Kaniyang sarili ang pagiging-makasarili na anupa't hindi Siya gumawa ng anumang panukala para sa sarili Niya. Tinanggap Niya ang mga panukala ng Diyos para sa Kaniya, at araw-araw ay inihayag naman ng Ama ang mga panukala Niya. Ganyan ang dapat nating pagdepende o pagtitiwala sa Diyos, upang ang ating mga kabuhayan ay payak na kahayagan ng Kaniyang kalooban.

Nang itatayo na ni Moises ang santuwaryo upang maging isang tahanang dako ng Diyos, ay pinagbilinan siya ng Diyos na gawin niya ang lahat ng mga bagay nang ayon sa huwaran o parisang ipinakita sa kaniya sa bundok. Napuno si Moises ng sigla't sikap na gawin ang ipinagagawa ng Diyos; at ginamit niya ang lalong sanay at dalubhasang mga tao upang magsagawa ng kaniyang mga mungkahi. Gayunma'y hindi siya dapat gumawa ng isang kampanilya, ng isang granada, ng isang plumahe, ng isang tirintas, ng isang kurtina, o ng anumang sisidlan ng santuwaryo, nang hindi naaayon sa huwarang ipinakita sa kaniya. Pinasampa siya ng Diyos sa bundok, at ipinakita sa kaniya ang mga bagay ng langit. Tinakpan siya ng Panginon ng sarili Nitong kaluwalhatian, upang makita niya ang huwaran, at ang lahat naman ng mga bagay ay ginawa niya nang ayon doon. [275] Gayundin Niya inihayag sa Israel, na hinangad Niyang gawing Kaniyang tahanang dako, ang Kaniyang malu-walhating uliran ng likas. Ang huwaran ay ipinakita sa kanila sa bundok noong ibigay ang kautusan sa Sinai, at nang magdaan ang Panginoon sa harap ni Moises at magsabing, "Ang Panginoon, ang Panginoong Diyos, na puspos ng kahabagan at mapagkaloob, banayad sa pagkagalit, at sagana sa kaawaan at katotohanan, na gumagamit ng kaawaan sa libu-libo, na nagpapatawad ng kasamaan at ng pagsalansang at ng kasalanan." Exodo 34:6, 7.

Pinili ng Israel ang sari'li nilang mga lakad. Hindi sila nagsipagtayo nang ayon sa huwaran; nguni't si Kristo, na tunay na templong tahanan ng Diyos, ay humubog ng bawa't kaliit-liitang bahagi ng Kaniyang kabuhayan sa lupa nang ayon sa uliran ng Diyos. Sinabi Niya, "Aking kinalulugurang sundin ang Iyong kaloban, Oh Diyos Ko: oo, ang Iyong kautusan ay nasa loob ng Aking puso." Awit 40:8. Kaya nga ang ating mga likas ay dapat itayong "isang tahanan ng Diyos sa pamamagitan ng Espiritu." Efeso 2:22. At dapat nating "gawin ang lahat ng mga bagay ayon sa huwaran," samakatwid baga'y Siya na "nagbata dahil sa inyo, na kayo'y iniwanan ng halimbawa, upang tayo'y magsisunod sa mga hakbang Niya." Hebreo 8:5; 1 Pedro 2:21.

Itinuturo ng mga salita ni Kristo na dapat nating ituring na tayo'y ganap na nakatali sa ating Amang nasa langit. Anuman ang katungkulan natin, sa Diyos pa rin tayo umaasa, yamang hawak Niya ang kapalaran nating lahat. Itinakda Niya sa atin ang gawain,

at binigyan Niya tayo ng mga kakayahan at paraan upang magawa iyon. Kailanma't isinusuko natin ang ating kalooban sa Diyos, at tayo'y nagtitiwala sa Kaniyang kalakasan at karunungan, ay papatnubayan Niya tayo sa mga panatag na landas, upang magampanan ang itinakdang bahagi natin sa Kaniyang dakilang panukala. Sub-
[276] ali't ang taong umaasa sa sarili niyang karunungan at kapangyarihan ay humihiwalay sa Diyos. Sa halip na siya'y gumawang kaisa ni Kristo, ay tinutupad niya ang panukala ng kaaway ng Diyos at ng tao.

Nagpatuloy pa ang Tagapagligtas: "Ang lahat ng mga bagay na Kaniyang (ng Ama) ginagawa, ay ang mga ito rin naman ang ginagawa ng Anak sa gayunding paraan. ... Kung paanong ibinabangon ng Ama ang mga patay, at sila'y binubuhay; gayundin naman binubuhay ng Anak ang Kaniyang mga ibigin." Ang mga Saduceo ay naniniwala na walang pagkabuhay na mag-uli ang mga patay; nguni't sinasabi ni Jesus sa kanila na ang isa sa mga pinakadakilang gawa ng Kaniyang Ama ay ang pagbuhay sa mga patay, at Siya man naman ay may kapangyarihang gumawa ng gayunding gawa. "Dumarating ang panahon, at ngayon nga, na maririnig ng mga patay ang tinig ng Anak ng Diyos: at ang mangakarinig ay mangabubuhay." Ang mga Pariseo ay naniniwala sa pagkabuhay na mag-uli ng mga patay. Sinasabi ni Kristo na ngayon man ay nasa gitna nila ang kapangyarihang nagbibigay buhay sa mga patay, at kanilang makikita ito. Ang kapangyarihan ding ito ng pagkabuhay na maguli ay siyang nagbibigay ng buhay sa kaluluwang "patay sa mga pagsalansang at mga kasalanan." Efeso 2:1. Ang espiritung yaon ng buhay na nasa kay Kristo Jesus, na siyang "kapangyarihan ng Kaniyang pagkabuhay na maguli," ay pinalalaya ang mga tao "sa kautusan ng kasalanan at ng kamatayan." Filipos 3:10; Roma 8:2. Naiwawasak ang kapangyarihan ng masama, at sa pama-magitan ng pananampalataya ang kaluluwa'y nailalayo sa pagkakasala. Ang taong nagbubukas ng kaniyang puso upang papasukin ang Espiritu ni Kristo ay tumatanggap ng malakas na kapangyarihang yaon na siyang sa katawan niya ay maglalabas sa libingan.

Ipinakikilala ng mapagpakumbabang Nazareno ang tunay
[277] Niyang kadakilaan. Tumitindig Siyang mataas sa mga tao, na iniwawaksi ang balabal ng kasalanan at kahihiyan, at hayag na tumatayo, na Siya ang Iginagalang o Pinapupurihan ng mga

anghel, ang Anak ng Diyos, ang Isa na kasama-sama ng Lumikha ng sansinukob. Nangapatigagal ang mga nakikinig sa Kaniya. Kailanma'y wala pang taong nakapagsalita ng mga pangungusap na tulad ng sa Kaniya, o nakapagdala sa kaniyang sarili nang gayon na parang isang maharlikang hari. Ang mga pananalita Niya'y malinaw at madaling unawain, na lubusang nagpapahayag ng Kaniyang misyon, at ng tungkulin ng sanlibutatn. "Sapagka't ang Ama'y hindi humahatol sa kaninumang tao, kundi ipinagkaloob Niya sa Anak ang buong paghatol: upang papurihan ng lahat ang Anak, gaya rin ng kanilang pagpapapuri sa Ama. Ang hindi nagpapapuri sa Anak ay hindi nagpapapuri sa Ama na sa Kaniya'y nagsugo. ... Kung paanong ang Ama ay may buhay sa Kaniyang sarili; ay gayundin namang pinagkalooban Niya ang Anak na magkaroon ng buhay sa Kaniyang sarili; at binigyan Niya Siya ng kapamaha-laang makahatol, sapagka't Siya'y Anak ng tao."

Inilagay ng mga saserdote at mga pinuno ang kanilang mga sarili na mga hukom upang hatulan ang gawain ni Kristo, subali't ngayo'y sinabi Niya na Siya ang hukom nila, at ang hukom ng buong lupa. Ang sanlibutan ay ipinagkatiwala kay Kristo, at sa pamamagitan Niya ay dumarating sa sangkatauhang nagkasala ang mga pagpapalang buhat sa Diyos. Siya ang Manunubos nang hindi pa Siya nagkakatawang-tao at nang makaraan man ang Kaniyang pagkakatawang tao. Karaka-rakang nagkaroon ng kasalanan, ay nagkaroon na rin ng Tagapagligtas. Nagkaloob Siya ng liwanag at buhay sa lahat, at alinsunod sa liwanag na tinanggap ng bawa't isa, ay doon siya hahatulan. At Siya na nagbigay ng liwanag, Siya na sumunud-sunod sa tao na taglay ang pinakamagiliw na pakikiusap, na sinisikap na ang taong ito ay maialis sa pagkakasala at madala sa kabanalan, ay Siya rin nitong Tagapayo at Hukom. Buhat nang [278]
magsimula sa langit ang malaking tunggalian, ay itinaguyod na ni Satanas ang kaniyang layunin sa pamama-gitan ng daya; at pinagsisikapan ngayon ni Kristo na ilantad ang mga balakin nito at upang sirain ang kapangyarihan nito. Siya ang nakipagharap sa magdaraya, at Siya rin ang sa buong mga panahon ay nagsisikap na maagaw sa mga kamay nito ang mga bihag, at Siya rin namang maggagawad ng hatol sa bawa't kaluluwa.

At "binigyan Siya" ng Diyos "ng kapamahalaang makahatol, sapagka't Siya'y Anak ng tao." Sapagka't natikman Niya ang kapait-

paitan sa mga kadalamhatian at tukso sa tao, at nauunawaan ang mga kahinaan at mga kasalanan ng mga tao; sapagka't nang dahil sa atin ay buong tagumpay Niyang napaglabanan ang mga tukso ni Satanas, at makatarungan at magiliw na pakikitunguhan ang mga kaluluwang pinagtigisan ng sarili Niyang dugo upang iligtas—dahil dito, ang Anak ng tao ay hinirang na magsagawa ng paghatol.

Nguni't ang misyon ni Kristo ay hindi ang humatol, kundi ang magligtas. "Hindi sinugo ng Diyos ang Anak sa sanlibutan upang hatulan ang sanlibutan; kundi upang ang sanlibutan ay maligtas sa pamamagitan Niya." Juan 3:17. At sa harap ng Sanedrin ay ipinahayag ni Jesus, "Ang nakikinig ng Aking salita, at sumasampalataya sa Kaniya na nagsugo sa Akin, ay may buhay na walang-hanggan, at hindi papasok sa paghatol, kundi lumipat na sa buhay mula sa kamatayan." Juan 5:24, R.V.

Pagkasabi ni Kristo sa mga nakikinig sa Kaniya na huwag silang magsipagtaka, ay binuksan Niya sa harap nila ang lalo pang malawak na tanawin ng hiwaga ng hinaharap. "Dumarating ang oras," wika Niya, "na ang lahat ng nangasa libingan ay makakarinig ng Kaniyang tinig, at magsisilabas; ang mga nagsigawa ng mabuti, ay sa pagkabuhay na mag-uli sa paghatol." Juan 5:28, 29.

[279] Ang ganitong katiyakan ng buhay sa hinaharap ay siyang maluwat nang hinihintay ng Israel, at siyang inasahan nilang matatanggap pagdating ng Mesiyas. Ang kaisa-isang ilaw na makatatanglaw sa dilim at panglaw ng libingan ay nagliwanag sa kanila. Nguni't ang mga mapagsariling-loob ay bulag. Sinalansang ni Jesus ang mga sali't saling sabi ng mga rabi, at di-pinansin ang kanilang kapangyarihan, ayaw pa rin silang maniwala.

Ang panahon, ang pook, ang pangyayari, at ang kaigtingan ng damdamin na naghahari sa kapulungan, ay nagkatulung-tulong na lahat upang ang mga sinalita ni Jesus sa harap ng Sanedrin ay maging lalong matindi at nakapagkikintal. Pinagtatangkaan ng pinakamatataas na pinuno ng relihiyon ang buhay Niya na nagsabing Siya ang magsasauli sa Israel. Ang Panginoon ng Sabado ay nilitis sa harap ng hukuman sa lupa upang managot sa sakdal na paglabag sa utos na ukol sa Sabado. Nang buong katapangan Niyang ipahayag ang Kaniyang misyon, ay napatingin sa Kaniyang may pagkamangha at pagkapot ang mga huhukom sa Kaniya; nguni't wala silang maisagot sa Kaniya. Hindi nila mahatulan Siya. Tinanggihan

Niya ang karapatan ng mga rabi at mga saserdote sa pagtatanong sa Kaniya, o sa pakikialam sa Kaniyang gawain. Hindi sila nagtataglay o binibigyan ng gayong kapangyarihan. Ang mga inaangkin nilang karapatan ay nakasalig sa sarili nilang kapalaluan at kahambugan. Hindi Niya tinanggap na Siya'y nagkasala sa kanilang mga ipinaparatang, o ang Siya'y usisain nila.

Sa halip na humingi ng paumanhin sa gawang inirereklamo nila, o kaya'y ipaliwanag ang Kaniyang layunin sa paggawa niyon, ay hinarap ni Jesus ang mga pinuno, at sa gayon ang isinasakdal ay siyang naging tagapagsakdal. Pinagwikaan Niya sila sa katigasan ng kanilang mga puso, at sa hindi nila pagkaalam ng Mga Kasulatan. Sinabi Niyang tinanggihan nila ang salita ng Diyos, yayamang tinanggihan nila Siya na isinugo ng Diyos. "Saliksikin ninyo ang Mga Kasulatan, sapagka't iniisip ninyo na sa mga yaon ay may- [280]
roon kayong buhay na walang-hanggan; at ang mga ito'y siyang nangagpa-patotoo tungkol sa Akin." Juan 5:39.

Sa bawa't dahon ng mga Kasulatan ng Matandang Tipan, maging kasaysayan, o utos, o hula, ay nagliliwanag ang kaluwalhatian ng Anak ng Diyos. Alinsunod sa pagkakatatag ng Diyos, ang buong palatuntunan ng mga paghahandog na sinusunod ng mga Hudyo ay isang pinaglakip-lakip na hula ng ebanghelyo. Si Kristo "ang pinatotohanan ng lahat ng mga propeta." Mga Gawa 10:43. Buhat sa pangakong ibinigay ng Diyos kay Adan, hang-gang sa sunud-sunod na hanay ng mga patriarka at hang-gang sa mga kautusang paghahandog, ay tinanglawan na ng maluwalhating liwanag na buhat sa langit ang mga bakas ng Manunubos. Natanaw ng mga tagakita o propeta ang Bituin ng Bethlehem, ang Shiloh na darating, nang dumaan sa harap nila na parang mahiwagang prusisyon ang mga bagay-bagay sa hinaharap. Sa bawa't haing hayop na pinapatay ay ipinakita ang pagkamatay ni Kristo. Sa bawa't usok ng kamanyang ay pumailan-lang ang Kaniyang katwiran. Sa bawa't tunog ng pakakak sa panahon ng Jubileo ay isinigaw ang Kaniyang pangalan. Sa kakila-kilabot na hiwaga ng kabanal-bana-lan ay tumahan ang Kaniyng kaluwalhatian.

Hawak ng mga Hudyo ang Mga Kasulatan, at ipinalagay nilang sa mababaw na pagkaalam nila nito ay mayroon na silang buhay na walang-hanggan. Subali't sinabi ni Jesus, "Ang Kaniyang salita ay hindi nananahan sa inyo." Yamang tinanggihan nila si Kristo

sa Kaniyang salita, ay tinanggihan nila Siya sa pagkatao. "Ayaw kayong magsilapit sa Akin," sabi Niya, "upang kayo'y magkaroon ng buhay."

Pinag-aralan ng mga pinunong Hudyo ang mga turo ng mga propeta tungkol sa kaharian ng Mesiyas; nguni't ginawa nila ito, hindi sa tapat na hangaring maalaman ang katotohanan, kundi
[281] sa layuning makakita sila ng katibayan o patotoong kakatig sa matatayog nilang inaasam. Nang dumating si Kristo sa paraang salungat sa kanilang inaasahan, ay hindi nila tinanggap Siya; at upang maipakilalang sila'y nasa matwid, ay pinagsikapan nilang patunayang Siya'y isang magdaraya. Nang karaka-rakang pasimulan nila ang ganitong hakbang, naging madali na kay Satanas na palakasin ang kanilang pag-laban kay Kristo. Ang mga salitang dapat sana nilang tanggaping katibayan ng Kaniyang pagka-Diyos ay kanilang binaligtad laban sa Kaniya. Sa gayong paraan ginawa nilang kasinungalingan ang katotohanan ng Diyos, at kung kailan lalong tuwirang nagsasalita ang Tagapag-ligtas sa kanila sa pamamagitan ng Kaniyang mga gawang kahabagan, lalo naman nilang tinitigasan ang paglaban sa liwanag.

Sinabi ni Jesus, "Hindi Ako tumatanggap ng papuri mula sa mga tao." Hindi ang impluwensiya ng Sanedrin, ni ang kanila mang pagsang-ayon ang Kaniyang mini-mithi. Hindi makapagbibigay sa Kaniya ng karangalan ang kanilang pagsang-ayon. Taglay na Niya ang karangalan at kapangyarihan ng Langit. Kung iyon ang na-naisin Niya, bababa ang mga anghel at sasamba sa Kaniya; at ang Ama ay muling magpapatotoo sa Kaniyang pagiging Diyos. Subali't alang-alang sa kanila, alang-alang sa bansang kanilang pinamumunuan, ay nais Niyang kilalanin ng mga pinunong Hudyo ang Kaniyang likas, at tanggapin nila ang mga pagpapalang siya Niyang ipinarito upang dalhin sa kanila.

"Naparito Ako sa pangalan ng Aking Ama, at ayaw ninyo Akong tanggapin: kung iba ang pumarito sa kaniyang sariling -pangalan, ay siya ninyong tatanggapin." Naparito si Jesus sa kapangyarihan ng Diyos, na taglay ang Kaniyang larawan, na ginaganap ang Kaniyang mga salita, at hinahanap ang Kaniyang kaluwalhatian; gayunma'y hindi Siya tinanggap ng mga pinuno ng Israel; nguni't kung iba ang
[282] darating, na nagpapanggap na nasa kanila ang likas ni Kristo, nguni't ang totoo'y udyok ng sarili nilang kalooban at ng paghahanap ng

sarili nilang ikaluluwalhati, ay sila'y tatanggapin. Bakit? Sapagka't ang humahanap ng sarili niyang ikararangal o ikalulu-walhati ay umaamuki sa iba na maghangad ng sariling ikatataas. Sa mga gayong pang-aamuki ay makatutugon ang mga Hudyo. Tatanggapin nila ang bulaang tagapagturo sapagka't pinupuri nito ang kanilang kayabangan sa pamamagitan ng pagsang-ayon sa kimkim nilang mga pala-palagay at mga sali't saling sabi. Datapwa't ang turo ni Kristo ay hindi naaayon sa kanilang mga kuru-kuro. Iyon ay espirituwal, at humihingi ng pagpapakasakit ng sarili; kaya nga hindi nila iyon matatanggap. Hindi nila kilala ang Diyos, at sa kanila ang tinig Niya na naririnig sa pamamagitan ni Kristo ay tinig ng iba.

Hindi ba bagay ring ito ang nauulit sa ating kapa-nahunan? Hindi ba marami, maging sa mga pinuno ng relihiyon, ang nagpapatigas ng kanilang mga puso laban sa Banal na Espiritu, kaya't ito ang nagiging dahilan upang hindi nila makilala ang tinig ng Diyos? Hindi ba tinatanggihan nila ang salita ng Diyos, upang matupad lamang rila ang kanilang mga sali't saling sabi?

"Kung kayo'y nagsisisampalataya kay Moises," wika ni Jesus, "ay magsisisampalataya kayo sa Akin: sapagka't tungkol sa Akin siya'y sumulat. Nguni't kung hindi kayo nagsisipaniwala sa kaniyang mga sulat, ay paanong magsisisampalataya kayo sa Aking mga salita?" Si Kristo ang nagsalita sa Israel sa pamamagitan ni Moises. Kung pinakinggan nila ang tinig ng Diyos na nagsalita sa pamamagitan ng kanilang dakilang lider, nakilala sana nila iyon sa mga aral ni Kristo. Kung sinampalatayanan nila si Moises, ay sinampalatayanan din sana nila Siya na tungkol sa kaniya sumulat si Moises.

Alam ni Jesus na mapilit ang mga saserdote at mga rabi na kitlin ang Kaniyang buhay; gayunma'y malinaw Niyang sinabi sa kanila ang Kaniyang pakikiisa sa Ama, at ang Kaniyang kaugnayan sa [283]
sanlibutan. Napagkilala nilang ang kanilang paglaban sa Kaniya ay walang matwid na dahilan, gayunma'y hindi rin nagbawa ang kanilang naglalatang na kapootan. Sinidlan sila ng takot nang masaksihan nila ang kapangyarihang sumasama sa Kaniyang ministeryo; subali't nilabanan nila ang Kaniyang mga pamanhik, at nagkulong sila sa kadiliman.

Halatang-halatang sila'y nangabigong gapiin ang kapangyarihan ni Jesus o kaya'y alisin sa Kaniya ang pagpipitagan at pag-uukol ng

pansin ng mga tao, na ang marami sa mga ito ay nagsipaniwala sa Kaniyang mga salita. Ang mga pinuno na rin ay nakaramdam ng matinding sumbat nang ipagdiinan Niya sa kanilang mga budhi ang kanilang pagkakasala; nguni't ito'y lalo nang nagpasidhi sa kanilang galit sa Kaniya. Mahigpit nilang ipinasiyang Siya'y patayin. Nagpadala sila ng mga sugo sa buong lupain upang sabihin sa mga tao na si Jesus ay isang manlilinlang. Nagpadala rin sila ng mga tiktik upang magmatyag sa Kaniya, at magbalita kung ano ang Kaniyang sinabi at ginawa. Ngayo'y tiyak nang nakatayo ang mahal na Taga-
[284] pagligtas sa lilim ng krus.

# Kabanata 22—Ang Pagkabilanggo at Pagkamatay ni Juan

Ang kabanatang ito ay batay sa Mateo 11:1-11; 14:1-11; Marcos 6:17-28; Lukas 7:19-28.

Si Juan Bautista ang nauna sa pagbabalita ng kaharian ni Kristo, at una rin siya sa pagbabata ng kahirapan. Buhat sa malayang hangin ng ilang at sa malalaking pulutong na nagsipakinig sa kaniyang mga salita, siya ngayon ay napipiit sa loob ng mga pader ng bilangguan. Siya ay isang bilanggo sa loob ng kuta ni Herodes Antipas. Sa lupaing nasa silangan ng Jordan, na nasasakop ni Antipas, ay doon ginugol ni Juan ang mahabang panahon ng kaniyang pangangaral. Si Herodes na rin ay nakinig sa pangangaral Juan. Ang haring salat sa kaugaliang wagas ay nanginig at nangilabot nang marinig ang panawagang ukol sa pagsisisi. "Natatakot si Herodes kay Juan, palibhasa'y nalalamang siya'y lalaking matwid at banal; ... at pagka siya'y nakikinig sa kaniya, ay maraming bagay ang kaniyang ginagawa, at pinakikinggan niya siyang may galak." Matapat siyang pinakitunguhan ni Juan, na pinagsasabihan siya sa makasalanan niyang pakikisama kay Herodias, na asawa ng kaniyang kapatid. Sandaling panahong bahag-yang sinikap ni Herodes na lagutin ang tanikala ng masamang pita na nakagapos sa kaniya; nguni't lalo namang hinigpitan ni Herodias ang pagkakagapos sa kaniya, hanggang sa makakita ito ng daan na mapaghigantihan ang Mamiminyag sa
pamamagitan ng pag- uudyok kay Herodes na si Juan ay ikulong sa [285]
bilangguan. [286]

Ang buhay ni Juan ay isa na lipos ng paggawa, at ang panglaw ng pagkakabilanggo at kawalan ng ginagawa ay labis niyang dinamdam. Nang lumipas ang mga linggo, na walang inihahatid na pagbabago sa kaniyang kalagayan, pinangibabawan siya ng kawalang-pag-asa at ng pag-aalinlangan. Nguni't hindi siya pinabayaan ng kaniyang mga alagad. Sila'y pinahintulutang makapasok sa bilangguan, at ibinalita nila sa kaniya ang mga ginagawa ni Jesus, at sinabi rin nila

kung paanong dinaragsaan Siya at pinagkakalipumpunan ng mga tao. Nguni't kanilang itinatanong na, kung ang bagong gurong ito ay siyang Mesiyas, ay bakit wala Siyang ginagawang anuman upang makalaya si Juan? Paano Niya napahintulutang ang Kaniyang tapat na tagapagbalita ay mawalan ng kalayaan at marahil ay mawalan pa rin ng buhay?

Ang mga katanungang ito ay hindi nawalan ng bisa. Ang mga pag-aalinlangang sana'y di-kailanman babangon ay nakapasok sa isip ni Juan. Ikinatuwa ni Satanas na mapakinggan ang mga salita ng mga alagad na ito, at makita kung paano nila nasugatan ang damdamin ng tagapagbalita ng Panginoon. Oh, gaano nga kadalas na yaong mga nag-aakalang sila'y mga kaibigan ng isang mabuting tao, at mga sabik na ipakilala ang kanilang katapatan sa kaniya, ay siya palang pinakamapanganib niyang mga kaaway! Gaano nga kadalas, na sa halip na pinalalakas, ay pinapanghihina at pinapanlulupaypay ng kanilang mga salita, ang kaniyang pananampalataya!

Gaya ng mga alagad ng Tagapagligtas, ay hindi rin naunawaan ni Juan Bautista ang likas ng kaharian ni Kristo. Inasahan niyang kukunin ni Jesus ang trono ni David; nguni't lumipas ang panahon, at ang Tagapagligtas ay wala pang ginagawang pag-angkin sa
[287] kapangya-rihan ng hari, ay nagulumihanan at nabagabag si Juan. Ipinahayag niya sa mga tao na upang mahanda ang daan sa harap ng Panginon, ay kailangan munang matupad ang hula ni Isaias; na ang mga bundok at mga burol ay kailangang mapababa, ang liku-liko ay kailangang maituwid, at ang mga baku-bakong dako ay mapatag. Hinintay niyang ang matataas na dako ng kapalaluan at kapangyarihan ng tao ay maguho. Itinuro niya ang Mesiyas bilang siyang Isa na may taglay na pamaypay sa Kaniyang kamay, at siyang lubos na maglilinis sa Kaniyang giikan, siyang magtitipon ng trigo sa Kaniyang bangan, at siyang susunog sa ipa sa pamamagitan ng apoy na di-mapapatay. Katulad ng propetang si Elias, na sa espiritu at kapangyarihan nito siya dumating sa Israel, ay hinintay niyang ihayag ng Panginoon ang Kaniyang sarili bilang isang Diyos na sumasagot sa pamamagitan ng apoy.

Sa kaniyang pangangaral ay tumatayo si Juan Bautista bilang isang walang-takot na tagasaway ng kasamaan, sa mga nasa matataas na dako at mga nasa mababa man. Pinangahasan niyang harapin nang mukhaan ang Haring Herodes upang malinaw na ipamukha rito

ang pagkakasala nito. Hindi niya pinahalagahan ang kaniyang buhay, upang magampanan lamang niya ang gawaing itinakda sa kaniya. At ngayon buhat sa kaniyang kinabibilangguan ay hinihintay niyang ibagsak ng Leon sa angkan ng Juda ang kapalaluan ng maniniil, at iligtas ang mga kahabag-habag at siya na dumaraing. Datapwa't waring nasisiyahan na si Jesus sa pagtitipon ng mga alagad sa palibot Niya, at sa pagpapagaling at pagtuturo sa mga tao. Nakikisalo Siya sa mga dulang ng mga maniningil ng buwis, samantala'y pabigat naman nang pabigat ang pamatok ng Roma na ipinapasan sa Israel, at ang Haring Herodes at ang imbi niyang kaagulo ay magkatulong na gumagawa ng pagpapahirap, at ang mga daing ng mga kaawaawa at ng mga naghihirap ay umabot na hanggang sa langit. [288]

Sa propeta sa ilang ay waring isang hiwagang hindi niya madalumat ang lahat nang ito. May mga oras na ang kaniyang diwa ay pinahirapan ng mga bulong ng mga demonyo, at ang lagim ng isang nakapangingilabot na pangamba ay pumiyapis sa kaniya. Maaari kayang ang maluwat-nang-hinihintay na Tagapagligtas ay hindi pa dumarating? Kung gayo'y ano ang katuturan ng pabalitang siya na rin ang nagdala? Bigung-bigo si Juan sa ibinunga ng kaniyang misyon. Inasahan niya na ang pabalitang buhat sa Diyos na iniaral niya ay magkakabisang gaya nang basahin ang kautusan noong mga kaarawan nina Josias at Ezra (2 Kronika 34; Nehemias 8:9); na ito'y susundan ng mataimtim na pagsisisi at pagbabalik sa Panginoon. Sa ikapagtatagumpay ng misyong ito ay isinakripisyo niya ang kaniyang buong buhay. Mabibigo kaya ito?

Ikinababagabag ni Juan na makita ang mga alagad niya, dahil sa pag-ibig sa kaniya, ay nagkakaroon ng pag-aalinlangan kay Jesus. Nasayang kaya ang mga paggawa't pagtuturo niya sa kanila? Hindi kaya siya naging tapat sa kaniyang paglilingkod, kaya siya napatigil ngayon sa paggawa? Kung dumating na nga ang ipinangakong Tagapagligtas, at tapat naman si Juan sa pagkatawag sa kaniya, hindi ba ibabagsak ngayon ni Jesus ang kapang-yarihan ng maniniil, at palalayain ang Kaniyang tagapag-balita?

Datapwa't ang pananampalataya ni Juan Bautista kay Kristo ay hindi niya ipinatalo. Ang alaala ng tinig na buhat sa langit at ang pagbaba ng Espiritu Santong nasa anyong kalapati, ang walang-dungis na kalinisan ni Jesus, ang kapangyarihan ng Banal na Espiritung pumuspos kay Juan nang mapaharap na siya sa Tagapagligtas, at

ang nagkakaisang patotoo ng mga salita ng hula—lahat nang ito ay sumasaksing si Jesus ng Nazareth ay siyang Isa na Ipinangako.

[289] Hindi ipinahayag ni Juan sa kaniyang mga kasama ang kaniyang mga alinlangan at mga pag-aalaala. Ipinasiya niyang magpadala ng sugo na mag-uusisa kay Jesus. Ito'y ipinagkatiwala niya sa dalawa niyang alagad, sa pag-asang ang pakikipag-usap nila sa Tagapagligtas ay magpapatibay ng kanilang pananampalataya, at magha-hatid ng kapanatagan sa kanilang mga kapatid. At pinanabikan din niya ang mga salitang sasabihin ni Kristo para sa kaniya.

Dumating kay Jesus ang mga alagad na may ganitong pasabi, "Ikaw baga Yaong paririto, o maghihintay kami ng iba?"

Hindi pa gaanong nagtatagal buhat nang ituro ni Juan si Jesus, at isigaw, "Narito ang Kordero ng Diyos, na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan." "Siya nga ang pumaparitong sumusunod sa akin." Juan 1:26, 28. At ngayo'y narito ang tanong, "Ikaw baga Yaong paririto?" Sa katutubo ng tao iyon ay napakasaklap at tunay na nakabibigo. Kung si Juan, na tapat na tagapagbalita, ay nalabuan pa tungkol sa layunin ng pagparito ni Kristo, ano nga ang maaaring asahan sa mga karamihang makasarili?

Hindi agad sinagot ng Tagapagligtas ang tanong ng mga alagad. Habang sila'y nangakatayong nanggigilalas sa hindi Niya pag-imik, ay nangagdaratingan naman ang mga maysakit at mga nahihirapan upang Kaniyang pagalingin. Kakapa-kapa ang mga bulag sa kanilang paglakad at pakikipagsiksikan sa gitna ng karamihan; mga iba-ibang uri ng maysakit, na ang ilan ay nagpipilit lumakad sa sarili nila, at ang iba naman ay pasan-pasan ng kanikanilang mga kaibigan, ay buong kasabikang nakikipagsiksikan upang makarating sa harapan ni Jesus. Ang tinig ng Makapangyarihang Manggagamot ay nanuot sa binging pakinig. Sa isang salita, sa isang hipo ng Kaniyang kamay, ay nangadilat ang mga mata ng bulag upang mamasdan ang liwanag ng araw, ang tanawin ng katalagahan, ang mga mukha ng
[290] mga kaibigan, at ang mukha ng Tagapagligtas. Sinaway ni Jesus ang sakit at pinaalis ang lagnat. Naglagos ang Kaniyang tinig sa mga tainga ng naghihingalo, at sila'y nagsibangong malulusog at malalakas. Ang mga paralitikong inaalihan ng mga demonyo ay nagsitalima sa Kaniyang salita, umalis sa kanila ang kanilang kabaliwan, at kanilang sinamba Siya. Habang pinagagaling Niya ang kanilang mga karamdaman, ay tinuturuan Niya ang mga tao. Ang

mga dukhang magbubukid at mga manggagawa, na nilalayuan ng mga rabi sapagka't marurumi, ay nagkakatipon sa palibot Niya, at sa kanila'y nagsalita Siya ng mga salita ng walang-hanggang buhay.

Sa ganyang paraan lumipas ang maghapon, na nakita at narinig ng mga alagad ni Juan ang lahat. Sa wakas ay tinawag sila ni Jesus, at inatasan silang magsiyaon at sabihin kay Juan ang lahat na kanilang nasaksihan, at ganito pa ang idinugtong, "Mapalad siya, na hindi makasumpong ng anumang katitisuran sa Akin." Lukas 7:23, R.V. Ang katunayan ng Kaniyang pagka-Diyos ay nakita sa pag-aangkup-angkop nito sa mga pangangailangan ng mga taong nasa kahirapan. Ang Kaniyang kaluwalhatian ay namalas sa Kaniyang pakikibagay sa ating mababang kalagayan.

Inihatid ng mga alagad ang pasabi ni Jesus, at iyon ay naging sapat na. Nagunita ni Juan ang hula tungkol Mesiyas, "Pinahiran Ako ng Panginoon upang ipangaral ang mabubuting balita sa mga maamo; Kaniyang sinugo Ako upang magpagaling ng mga bagbag na puso, upang magtanyag ng kalayaan sa mga bihag, at magbukas ng bilangguan sa nangabibilanggo; upang magtanyag ng kalugud-lugod na taon ng Panginoon." Isaias 61:1, 2. Ang mga gawa ni Kristo ay hindi lamang nagbadyang Siya ang Mesiyas, kundi nagpakilala rin na kung sa paanong paraan matatatag ang Kaniyang kaharian. Inihayag kay Juan ang katotohanang ipinakilala rin kay Elias doon sa ilang, nang "bumuka ang mga bundok sa pamamagitan ng isang [291] malaki at malakas na hangin, at pinagputulputol ang mga bato sa harap ng Panginoon; nguni't ang Panginoon ay wala sa hangin; at pagkatapos ng hangin ay isang lindol; nguni't ang Panginoon ay wala sa lindol; at pagkatapos ng lindol ay isang apoy; nguni't ang Panginoon ay wala sa apoy: "at pagkatapos ng apoy, ay nagsalita ang Diyos sa propeta sa pamamagitan ng "isang marahang bulong na tinig." 1 Mga Hari 19:11, 12. Kaya nga gagawin ni Jesus ang Kaniyang gawain, hindi sa pamamagitan ng pakikipagtagisan ng mga sandata at ng pagbabagsak ng mga trono at mga kaharian, kundi sa pamamagitan ng pagsasalita sa mga puso ng mga tao sa buhay na mahabagin at mapagpakasakit.

Ang simulain ng buhay ni Juan Bautista na pagtanggisa-sarili ay siyang simulain ng kaharian ng Mesiyas. Alam na alam ni Juan na kaibang-kaiba ang lahat nang ito sa mga simulain at mga inaasahan ng mga pinuno ng Israel. Ang sa ganang kaniya'y kapani-

paniwalang katunayan ng pagka-Diyos ni Kristo ay hindi naman katunayan sa ganang kanila. Ang hinihintay nila ay isang Mesiyas na hindi ipinangako. Nakita ni Juan na ang matatamo lamang sa kanila ng misyon ng Tagapagligtas ay pagkapoot lamang at paghatol. At siya, na tagapaghanda ng daan, ay umiinom lamang sa sarong dapat inumin ni Kristo hanggang sa pinakalatak nito.

Ang sinalita ng Tagapagligtas na, "Mapalad siya, na hindi makasumpong ng anumang katitisuran sa Akin," ay isang banayad na sumbat kay Juan. Hindi naman ito nasayang sa kaniya. Ngayong napaguunawa na niya nang lalong malinaw ang uri ng misyon ni Kristo, ay isinuko niya ang kaniyang sarili sa Diyos sa ikabubuhay o sa ikamamatay man, ayon sa lalong ikasusulong ng gawaing kaniyang minamahal.

Nang makaalis na ang mga alagad na inutusan, nagsalita si Jesus sa mga tao tungkol kay Juan. Ang puso ng Tagapagligtas ay
[292] nakikiramay sa tapat na saksing ngayo'y nakukulong sa bilangguan ni Herodes. Hindi Niya itutulot na ang mga tao ay mag-akala na pinabayaan na ng Diyos si Juan, o kaya'y nagkulang ang pananampalataya nito sa araw ng pagsubok. "Ano ang nilabas ninyo sa ilang upang makita?" tanong Niya. "Isang tambo na inuuga ng hangin?"

Ang nangagtatayugang tambo na nangagsisitubo sa pampang ng Jordan, na nangahuhutok sa bawa't hihip ng hangin, ay angkop na kumakatawan sa mga rabi na nangagsitayo bilang mga kritiko at mga hukom ng misyon ni Juan. Sila'y inuuga ng hangin ng mga pala-palagay ng mga tao. Ayaw nilang magpakababa upang tumang-gap ng pabalita ni Juan na nananaliksik ng puso, gayunma'y dahil sa natatakot sila sa bayan ay hindi naman nila pinangahasan na hayagang labanan ang kaniyang gawain. Nguni't ang lingkod ng Diyos ay walang gayong diwa ng karuwagan. Ang mga karamihang nagkakatipon sa palibot ni Kristo ay mga nakasaksi sa gawain ni Juan. Narinig nila ang kaniyang matapang na pagsuwat sa kasalanan. Sa nangagbabanal-banalang mga Pariseo, sa mga saserdoteng Saduceo, sa Haring Herodes at sa mga kasangguni nito sa palasyo, sa mga prinsipe at mga kawal, sa mga maniningil ng buwis at mga magbubukid, ay nagsalita si Juan nang may gayunding linaw at katiyakan. Hindi siya tambong nauuga, na inihahapay ng mga hangin ng papuri o maling paghatol ng mga tao. Sa loob ng bi-

langguan ay hindi nagbago ang kaniyang pagkamatapat sa Diyos at ang kaniyang kasipagan sa kabanalan na gaya nang ipangaral niya ang pabalita ng Diyos sa ilang. Ang katapatan niya sa simulain ay kasintibay ng malaking bato.

Nagpatuloy si Jesus, "Datapwa't ano ang nilabas ninyo upang makita? Isang taong nararamtan ng mga damit na maseselang? Narito, ang nagsisipanamit ng maririlag, at nangabubuhay sa pagmamaselang, ay nasa mga palasyo ng mga hari." Si Juan ay tinawag upang sawayin ang mga kasalanan at mga pagmamalabis ng kaniyang [293]
kapanahunan, at ang kaniyang payak na kasuutan at matimping pamumuhay ay naaayon sa likas o uri ng kaniyang misyon. Ang mga mamahaling kasuutan at ang mga luho sa buhay na ito ay hindi ukol sa mga lingkod ng Diyos, kundi doon sa mga tumitira "sa mga palasyo ng mga hari," at sa mga pinuno ng sanlibutang ito, na sa kanila nauukol ang kapangyarihan at mga kayamanan nito. Ibig ni Jesus na ibaling ang pansin ng mga tao sa pagkakaiba ng pananamit ni Juan, at ng isinusuot ng mga saserdote at mga pinuno. Dinaramtan ng mga pinunong ito ang kanilang mga sarili ng mga mamahaling damit at mga alahas. Sila'y mahilig sa pagkatanghal, at nais nilang masilaw ang mga tao, upang sa gayon ay lalo silang igalang. Sila'y higit na masigasig na matamo ang paghanga ng mga tao kaysa magkamit ng malinis na puso na siyang masasang-ayunan ng Diyos. Sa gayon nila inihayag na hindi sa Diyos nila iniuukol ang kanilang pagtatapat, kundi sa kaharian ng sanlibutang ito.

"Datapuwa't ano," sabi ni Jesus, "ang nilabas ninyo upang makita? Isang propeta baga? Oo, sinasabi Ko sa inyo, at higit pa sa isang propeta. Sapagka't ito yaong tungkol sa kaniya ay nasusulat,—

"Narito, sinusugo Ko ang Aking sugo sa unahan ng Iyong mukha,

Na maghahanda ng Iyong daan sa unahan Mo."

"Katotohanang sinasabi Ko sa inyo, Sa mga ipinanganak ng mga babae ay walang dakila kaysa kay Juan Bautista." Nang ibalita kay Zacarias ang panganganak kay Juan, ay ganito ang ipinahayag ng angel, "Siya'y magi-ging dakila sa paningin ng Panginoon." Lukas 1:15. Sa tingin ng Langit, ano ba ang bumubuo sa kadakilaan? Hindi

yaong itinuturing ng sanlibutan na kadakilaan; hindi kayamanan,
[294] o katungkulan, o maharlikang angkang pinagmulan, o mga kaloob na katalinuhan. Kung kadakilaan ukol sa katalinuhan ang karapat-dapat na parangalan, na hindi na gagawa ng anumang lalong mataas na pagsasaalang-alang, kung gayon ay si Satanas ang dapat nating pintuhuin, sapagka't ang kapangyarihan ng kaniyang katalinuhan ay hindi pa kailanman napapantayan ng sinumang tao. Subali't pagka ibinabaling sa paglilingkod sa sarili, ang lalong malaking kaloob, ay nagi-ging lalong malaking sumpa. Ang mabuting asal o kaugaliang wagas ay siyang pinahahalagahan ng Diyos. Pagibig at kalinisan ang mga katangiang lalo Niyang minamahalaga. Si Juan ay dakila sa paningin ng Panginoon, nang sa harap ng mga inutusan ng Sanedrin, sa harap ng mga tao, at sa harap ng sarili niyang mga alagad, ay hindi niya hinanap ang siya'y papurihan o parangalan, kundi itinuro niya si Jesus bilang siyang Isa na Ipinangako. Ang kaniyang di-makasariling kaligayahan sa paglilingkod kay Kristo ay naghahayag ng pinakamataas na uri ng kadakilaan na kailanma'y naihayag na sa tao.

Nang siya'y mamatay, ang patotoo ng mga nakarinig sa mga sinabi niya tungkol kay Jesus, ay, "Si Juan ay hindi gumawa ng tanda: nguni't lahat ng mga bagay na sinalita ni Juan tungkol sa Taong ito ay totoo." Juan 10:41. Hindi ipinagkalob kay Juan ang siya'y makapag-pababa ng apoy buhat sa langit, o ang bumuhay man ng patay, na gaya ni Elias, ni gumamit man ng tungkod ng kapangyarihan ni Moises sa pangalan ng Diyos. Isinugo siya upang ibalita ang pagdating ng Tagapagligtas, at upang tawagan ang mga tao na magsihanda sa Kaniyang pagdating. Gayon na lamang ang katapatan niya sa pagtupad ng kaniyang gawain, na anupa't nang magunita ng mga tao ang mga itinuro niya sa kanila tungkol kay Jesus, ay nasabi nilang, "Lahat ng mga bagay na sinalita ni Juan tungkol sa Taong ito ay totoo." Sa ganyang pagsaksi kay Kristo
[295] tinatawagan ang bawa't alagad ng Panginoon.

Bilang tagapagbalita ng Mesiyas, si Juan ay "mahigit pa sa isang propeta." Sapagka't bagaman natanaw ng mga propeta buhat sa malayo ang pagdating ni Kristo, kay Juan naman ay ibinigay ang karapatan na mamasdan Siya, na marinig ang patotoong galing sa langit na Siya nga ang Mesiyas, at maipakilala Siya sa Israel

bilang siyang Isinugo ng Diyos. Gayunman ay sinabi ni Jesus, "Ang kaliit-Iiitan sa kaharian ng langit ay lalong dakila kaysa kaniya."

Ang propetang si Juan ay siyang kawing na nag-uugnay sa dalawang kapanahunan. Bilang kinatawan ng Diyos ay tumayo siyang tagapagpakilala ng kaugnayan ng kautusan at ng mga propeta sa kapanahunang Kristiyano. Siya ang maliit na ilaw na susundan ng malaki. Ang isip ni Juan ay tinanglawan ng Espiritu Santo, upang makapagsabog siya ng liwanag sa kaniyang bayan; subali't walang ibang ilaw na kailanma'y nagliwanag na o kailanma'y magliliwanag pa nang lalong maningning sa taong nagkasala na gaya niyaong nagmumula sa turo at halimbawa ni Jesus. Si Kristo at ang Kaniyang misyon ay bahagya lamang napag-unawa nang alinsunod sa inilalarawan ng mga hain at mga handog. At maging si Juan ay hindi lubos na nakaunawa sa darating na buhay na walang-kamatayan sa pamamagitan ng Tagapagligtas.

Maliban sa kaligayahang nasumpungan ni Juan sa kaniyang paglilingkod, ang kaniyang buhay ay lagi na sa kalungkutan. Bihirang marinig ang kaniyang tinig kundi sa ilang. Malungkot ang kaniyang kapalaran. At hindi ipinahintulot sa kaniya na makita niya ang bunga ng kaniyang mga pagpapagal. Hindi ibinigay sa kaniya ang karapatang makasama si Kristo at masaksihan ang pagkakahayag ng kapangyarihan ng Diyos na kasama ng laiong malaking ilaw. Hindi ukol sa kaniya na makitang ang mga bulag ay sinaulian ng paningin, ang mga maysakit ay pinagaling, at ang mga patay ay binuhay na maguli. Hindi niya namasdan ang liwanag na nagniningning sa bawa't salita ni Kristo, na nagsasabog ng kaluwalhatian [296]
sa mga pangako ng hula. Ang kaliit-liitang alagad na nakakita ng makapangyarihang mga gawa ni Kristo at nakarinig ng Kaniyang mga salita, sa isipang ito, ay nagkaroon ng lalo pang malaking karapatan kaysa kay Juan Bautista, at kaya nga sinasabing sila'y lalo pang dakila kaysa kaniya.

Sa pamamagitan ng lubhang karamihang nakinig sa pangangaral ni Juan, ay lumaganap ang kaniyang kabantugan sa buong lupain. Isang taimtim na pagmamalasakit ang nadama sa pagkakabilanggo sa kaniya. Gayunman ang malinis at walang-dungis niyang kabuhayan, at ang malakas na damdaming bayan na kumakatig sa kaniya, ay umakay sa madla na maniwala na walang marahas na hakbang na gagawin laban sa kaniya.

Naniwala si Herodes na si Juan ay isang propeta ng Diyos, at talagang binalak niya na ito'y palayain. Nguni't ipinagpaliban niya ang kanyang balak dahil sa takot kay Herodias.

Alam ni Herodias na kung hihingin niya nang tuwiran kay Herodes na ipapatay si Juan ay hindi ito papayag, kaya ipinasiya niyang isagawa ang kaniyang hangarin sa pamamagitan ng lalang. Sa kaarawan ng kapanganakan ng hari ay magkakaroon ng handaan na ibibigay sa mga pinuno ng bansa at sa mga mahal na tao ng palasyo. Magkakaroon ng kainan at inuman. Sa gayon ay maaaring makalimot at maiangat si Herodes, at maaari ngang maimpluwensiyahan nang ayon sa kaniyang kagustuhan.

Nang sumapit ang dakilang araw, at nang nagkakainan na at nag-iinuman ang hari at ang kaniyang mga mahal na tao, ay inutusan ni Herodias ang kaniyang anak na dalaga na pumasok sa bulwagang pinagtitipunan ng lahat upang sumayaw sa ikaaaliw at ikasasaya ng mga panauhin. Si Salome ay nasa kasibulan ng pagkadalaga, at ang
[297] kaniyang kanasa-nasang kagandahan ay nakabihag sa damdamin ng mga mahal na taong nagkakatuwaan. Hindi kinakaugalian na humarap sa mga ganitong pagkakasayahan ang mga kababaihan ng palasyo, at isang nakakikiliting papuri ang iniukol kay Herodes nang ang anak na babaing ito ng mga saserdote at mga prinsipe ng Israel ay sumayaw para libangin at aliwin ang mga panauhin niya.

Ang hari'y tangay na ng espiritu ng alak. Nakapangyari ang pita ng damdamin, at ang katinuan ng bait ay nawala na. Ang nakita na lamang niya ay ang bulwagan ng kasayahan, na kinaroroonan ng mga nagkakatuwaan at nag-iinumang mga panauhin, ang hapag ng pagkain, ang bumubulang alak at ang nakasisilaw na mga ilaw, at ang kabigha-bighaning dalagang sumasayaw sa harap niya. Sa isang saglit na kabiglaanan, ay hinangad niyang magpakitang-gilas na magtataas sa kaniya sa harap ng mga dakilang tao ng kaniyang kaharian. May kasamang panunumpa na ipinangako niya sa anak na dalaga ni Herodias na anuman ang hingin nito, kahit kalahati ng kaniyang kaharian, ay kaniyang ibibigay.

Nagmamadaling pinuntahan ni Salome ang kaniyang ina, upang alamin kung ano ang kaniyang hihingin. Handa na ang sagot—ang ulo ni Juan Bautista. Hindi batid ni Salome ang pagkauhaw sa paghihiganti na nasa puso ng kanyang ina, at siya'y nag-urong-sulong sa pagsasabi ng kahilingang ito; nguni't nakapangyari ang hangarin ni

Herodias. Ang dalaga'y bumalik na taglay ang nakapangingilabot na kahilingan, "Tbig ko na ngayon din ay ibigay mo sa akin na nasa isang pinggan ang ulo ni Juan Bautista." Mareos 6:25.

Si Herodes ay nagitlahanan at nawalan ng loob. Napatigil ang magulong pagkakatuwaan, at isang malagim na katahimikan ang humalili sa maharot na pagkakasayahan. Kinilabutan ang hari sa isipang siya ang magpapapatay kay Juan. Nguni't nakapangako na siya, at ayaw niyang lumitaw na siya'y mapagtalusira at pabigla-bigla. Ang panunumpa niya ay ginawa sa harap ng mararangal [298] niyang mga panauhin, at kung may isa lamang tumutol sa pagtupad niya ng pangako, sana'y malugod niyang ililigtas ang propeta. Binigyan niya sila ng pagkakataong makapagsalita na iligtas ang bilanggo. Ang mga ito ay nagsipaglakbay nang malalayo upang mapakinggan lamang ang pangangaral ni Juan, at talos nilang siya'y isang taong walang kasalanan, at isang lingkod ng Diyos. Subali't bagaman sila'y nagimbal sa hiningi ng dalaga, sila nama'y totoong langung-lango upang makapagsalita ng pagtutol. Wala isa mang nagtaas ng tinig upang iligtas ang buhay ng tagapagbalita ng Langit. Ang mga lalaking ito ay may hinawakang matataas na katungkulan sa bansa, at nakababaw sa kanila ang mabi-bigat na kapanagutan; gayunma'y nagpakalulong sila sa pagkakainan at pag-iinuman hanggang sa namanhid na ang kanilang mga pakiramdam. Hilo na ang kanilang mga ulo sa namamalas na tugtugan at sayawan, at ang kanilang budhi ay nahimbing na rin. Sa pamamagitan ng kanilang pananahimik ay iginawad nila ang hatol na kamatayan sa propeta ng Diyos upang mabigyang-kasiyahan ang paghihiganti ng isang babaing walang-dangal.

Bigong naghintay si Herodes na makawala sa kaniyang sumpa; pagkatapos ay buong pag-aatubili niyang iniutos ang pagpugot sa ulo ng propeta. Hindi nagluwat at ang ulo ni Juan ay dinala sa harap ng hari at ng kaniyang mga panauhin. Habang-panahon nang napatikom ang mga labing yaon na buong katapatang nagbabala kay Herodes na talikuran niya ang kaniyang buhay na makasalanan. Hindi na kailanman maririnig ang tinig na yaon na mananawagan sa mga tao na magsipag-sisi. Ang isang gabi ng magulong pagkakatuwaan at paglalasingan ay ikinaputi ng buhay ng isa sa mga pinakadakilang propeta.

Oh, kaydalas na ang buhay ng walang-sala ay nakikitil dahil sa [299]

kawalang-pagtitimpi niyaong mga dapat sana'y maging tagapangalaga ng katarungan! Ang naglalagay sa kaniyang mga labi ng nakalalangong saro ay mananagot sa lahat ng kawalang-katarungang maa-aring magawa niya sa panahong siya'y nasa ilalim ng kapangyarihan nitong pumapatay ng pakiramdam. Kapag manhid ang kaniyang mga pakiramdam ay hindi niya magagawa na magkuro o humatol nang mahinahon o kaya'y magkaroon ng malinaw na pagkaunawa sa matuwid at mali. Binubuksan niya ang daan upang si Satanas ay makagawa sa pamamagitan niya sa pagsiil at pagpuksa sa walang-sala. "Ang alak ay manunuya, ang matapang na alak ay manggugulo: at sinumang napadadaya sa kaniya ay hindi pantas." Kawikaan 20:1. Kaya nga "ang kahatulan ay tumatalikod, ... at siyang humihiwalay sa kasamaan ay ginagawa niya ang kaniyang sarili na isang huli." Isaias 59:14, 15. Ang mga may pananagutan sa mga buhay ng kanilang mga kapwa tao ay dapat ibilang na salarin pagka sila'y napadadaig sa kawalang-pagtitimpi. Lahat ng mga nagpapatupad ng mga batas ay dapat maging mga tagatupad ng mga batas. Dapat silang maging mga taong may pagpipigil sa sarili. Kailangan nilang magkaroon ng lubos na kakayahang makakontrol ng mga kapangyarihan ng kanilang pangangatawan, kaisipan, at kaugalian, upang makapagtaglay sila ng malakas at malusog na pag-iisip, at ng mataas na pagkadama ng katarungan.

Ang ulo ni Juan Bautista ay dinala kay Herodias, at tinanggap naman niya ito na taglay ang makahalimaw na kasiyahan. Nagbunyi siya sa kaniyang pagka-kapaghiganti, at sa loob niya'y nasabi niyang wala nang liligalig pa sa budhi ni Herodes. Subali't walang ibinungang kaligayahan sa kaniya ang kaniyang pagkaka-sala. Ang kaniyang pangalan ay naging tanyag sa kasa-maan at kinasuklaman, samantalang si Herodes naman ay lalo pang pinahirapan ng
[300] umuukilkil na sumbat ng budhi kaysa noong siya'y binababalaan ng propeta. Ang impluwensiya ng turo ni Juan ay hindi nasawata; ito'y aabot sa bawa't saling-lahi hanggang sa wakas ng panahon.

Ang kasalanan ni Herodes ay laging umuukilkil sa kaniya. Kaya patuloy siyang humahanap ng makalulunas sa panunumbat ng kaniyang budhi. Ang kaniyang papanalig kay Juan ay di-natinag. Nang magunita niya ang buhay nitong mapagkait sa sarili, ang banal at maalab na pamamanhik nito, ang mga makatwirang payo nito, at pagkatapos ay nang magunita niya kung paano dumating dito ang

kamatayan, ay hindi na nakasumpong si Herodes ng katahimikan. Sa pag-aasikaso niya ng mga suliranin ng bansa, na tumatanggap ng mga pangaral ng mga tao, ay nagtaglay siya ng nakangiting mukha at ng marangal na anyo, samantalang itinago niya ang isang pusong balisa, na hindi na tinantanan ng pangambang nakapataw sa kaniya ang isang sumpa.

Labis na giniyagis ang damdamin ni Herodes ng mga salita ni Juan, na walang maililihim na anumang bagay sa Diyos. Naniwala siya na ang Diyos ay nasa lahat ng dako, na nasaksihan Nito ang magulong pagkaka-tuwaan at paglalasingan sa silid ng kainan, na narinig Nito ang utos na pugutan ng ulo si Juan, at nakita ang pagbubunyi sa tuwa ni Herodias, at ang paghamak niyon sa pugot na ulo ng dating sumusumbat at sumasa-way sa kaniya. At ang maraming bagay na napaking-gan ni Herodes buhat sa mga labi ng propeta ay umu-ukilkil ngayon sa kaniyang budhi nang higit na malinaw kaysa noong ipinangangaral ito sa ilang.

Nang mabalitaan ni Herodes ang mga gawa ni Kristo, ay labis siyang nabagabag. Ang akala niya'y binuhay na muli ng Diyos si Juan buhat sa mga patay, at pinahayo itong taglay ang lalo pang malaking kapangyarihan upang sumbatan ang kasalanan. Hindi na siya hiniwalayan ng takot na baka ipaghiganti ni Juan ang pagka- [301]
matay nito sa pamamagitan ng paggawad ng hatol sa kaniya at sa kaniyang sambahayan. Inaani na ni Herodes yaong sinabi ng Diyos na magiging bunga ng paggawa ng pagkakasala—"sikdo ng puso, pangangalumata, at panlalambot ng kaluluwa: at ang iyong buhay ay mabi-bitin sa pag-aalinlangan sa harap mo; at ikaw ay mata-takot gabi't araw, at mawawalan ng katiwalaan ang iyong buhay: sa kinaumagaha'y iyong sasabihin, Kahimanawari ay gumabi na! at sa kinagabiha'y iyong sasabihin, Kahimanawari ay umaga na! dahil sa takot ng iyong puso na iyong ikatatakot at dahil sa paningin ng iyong mga mata na iyong ikakikita." Deuteronomio 28:56-67. Ang sariling isipan ng makasalanan ang siya na rin niyang mga tagasumbat; at wala nang titindi pa sa sakit na dulot ng budhing makasalanan, na hindi magpatantan sa kaniya araw at gabi.

Sa ganang marami ay may malalim na hiwagang nakabalot sa naging kapalaran ni Juan Bautista. Itinatanong nila kung bakit kaya siya'y pinabayaang maghirap at mamatay sa loob ng bilangguan. Ang hiwaga ng madilim na kapalarang ito na itinadhana ng Diyos

ay hindi kayang mapaglagusan ng paningin ng tao; subali't hindi nito kailanman matitinag ang ating pagtitiwala sa Diyos kapagka inaalaala natin na si Juan ay nakibahagi lamang sa mga hirap ni Kristo. Lahat ng sumusunod kay Kristo ay magsusuot ng korona ng pagpapakasakit. Sila'y tiyak na di-mauunawaan ng mga taong sakim o makasarili, at sila'y gagawing tudlaan ng mababangis na pananalakay ni Satanas. Ang simulaing ito ng pagpapakasakit ng sarili ang pinagtalagahang sirain ng kaniyang kaharian, at ito'y kaniyang babakahin saanman niya makikita ang ganitong pagpapakasakit ng sarili.

Ang panahon ng kamusmusan, kabataan, at pagigingmay-gulang ni Juan ay kinalarawanan ng tibay at kata-tagang moral. Nang ang tinig niya ay marinig sa ilang na nagsasabing, "Ihanda ninyo
[302] ang daan ng Panginoon, tuwirin ninyo ang Kaniyang mga landas" (Mateo 3:3), ay pinangambahan ni Satanas ang ukol sa kaligtasan ng kaniyang kaharian. Ang kasamaan ng kasalanan ay nahayag sa isang paraang ikinapanginig sa takot ng mga tao. Nasira ang kapangyarihan ni Satanas sa maraming nasa sa ilalim na ng kaniyang kontrol. Hindi siya napagod sa kaniyang mga pagsisikap na maialis si Juan Bautista sa isang kabuhayang lubos na napasasakop sa Diyos; nguni't siya'y nabigo. At nabigo rin siya na madaig si Jesus. Sa pagtukso sa ilang, ay nadaig si Satanas, at gayon na lamang kalaki ang kaniyang galit. Ngayo'y ipinasiya niyang dulutan ng kalungkutan si Kristo sa pamamagitan ng pagpatay kay Juan. Ang Isa na hindi niya malamuyot sa paggawa ng pagkakasala ay kaniyang dadalamhatiin.

Hindi namagitan si Jesus upang iligtas ang Kaniyang lingkod. Alam Niyang makakaya ni Juan ang pagsubok. Ikagagalak ng Tagapagligtas na dumalaw kay Juan, upang aliwin ito sa panglaw ng bilangguan. Nguni't hindi Niya maibibigay ang Kaniyang sarili sa mga kamay ng mga kaaway sapagka't manganganib ang Kaniyang misyon. Buong katuwaang maililigtas sana Niya ang Kaniyang lingkod. Subali't alang-alang sa mga libu-libo na sa mga panahong darating ay mapapasa bilangguan at tutungo sa kamatayan, kailangang uminom si Juan sa saro ng kamatayan. Kung ang mga alagad ni Jesus ay maghirap sa madidilim na silid ng bilangguan, o lipulin kaya ng tabak, o ng bitay, o ng kasangkapang parusahan, na waring pinabayaan ng Diyos at ng tao, makapagpapatatag nga sa kanilang mga puso kung kanilang maisip na si Juan Bautista man, na ang

angking katapatan ay pinatunayan ni Kristo na rin, ay nagdaan sa gayunding karanasan!

Pinahintulutan si Satanas na kaniyang mapaigsi ang buhay sa lupa ng lingkod ng Diyos; subali't yaong buhay na "natatagong kasama ni Kristo sa Diyos," ay hindi mapakikialaman ng manlilipol. [303] Ikinatuwa niya nang labis na nadulutan niya ng kalungkutan si Kristo, nguni't hindi niya nadaig si Juan. Ang kamatayan na rin ang magpakailanmang naglayo kay Juan sa kapangyarihan ng kaniyang mga tukso. Sa labanang ito, ay ipinakilala ni Satanas ang sarili niyang likas. Sa harap ng sumasaksing sansinukob ay inihayag niya ang kaniyang pakikipag-alit sa Diyos at sa tao.

Bagama't hindi ginawa kay Juan ang mahimalang pagliligtas, ay hindi naman siya pinabayaan. Naging laging kasama-sama niya ang mga anghel ng langit, na naghayag sa kaniya ng mga hula tungkol kay Kristo, at ng mahahalagang -pangako ng Kasulatan. Ang mga ito ang siya niyang naging tagapagtaguyod, at siya rin namang magiging tagapagtaguyod ng bayan ng Diyos sa mga panahong darating. Ibinigay kay Juan Bautista, at sa langit ng mga sumunod sa kaniya, ang katiyakang "Narito, Ako'y sumasainyo sa lahat ng mga araw, samakatwid baga'y hanggang sa katapusan." Mateo 28:20, R.V.

Hindi inaakay ng Diyos ang Kaniyang mga anak kundi yaong ayon sa kanilang naiibigan, kung makikita lamang nila ang wakas buhat sa pasimula, at kung kanilang napag-uunawa ang kagalingan o kaluwalhatian ng panukalang kanilang tinutupad sa pagiging mga manggagawang kasama Niya. Ni si Enoc, na inilipat sa langit, ni si Elias, na umakyat sa langit sa isang karong apoy, ay hindi higit na dakila o higit na marangal kaysa kay Juan Bautista, na namatay nang nag-iisa sa bilangguan. "Sa inyo'y ipinagkaloob alang-alang kay Kristo, hindi lamang upang manampalataya sa Kaniya, kundi upang magtiis din naman alang-alang sa Kaniya." Filipos 1:29. At sa lahat ng mga kaloob na maibibigay ng Langit sa mga tao, ang pakikisama kay Kristo sa Kaniyang mga kahirapan ay siyang pinakamabigat na tiwala at pinakamataas na karangalan. [304]

## Kabanata 23—“Malapit na ang Kaharian ng Diyos”

“Napasa Galilea si Jesus, na ipinangangaral ang ebanghelyo ng kaharian ng Diyos, at sinasabi, Naganap na ang panahon, at malapit na ang kaharian ng Diyos: kayo’y mangagsisi, at mangagsisampalataya sa ebanghelyo.” Marcos 1:14, 15.

Ang pagdating ng Mesiyas ay unang ibinalita sa Judea. Sa templo sa Jerusalem ang pagsilang ng magiging tagapagbalita o tagapaghawan ng landas ay ipinagpaunang sinabi kay Zacarias samantalang ito’y naglilingkod sa harap ng dambana. Sa mga burol ng Bethlehem ay itinanyag ng mga anghel ang pagsilang ni Jesus. Sa Jerusalem ay dumating ang mga Mago o mga Lalaking Pantas na hinahanap Siya. Sa templo ay pinatotohanan ni Simeon at ni Ana na Siya nga ang Diyos. “Ang Jerusalem at ang buong Judea” ay nakinig sa pangangaral ni Juan Bautista; at ang mga sugong buhat sa Sanedrin, kasama ang karamihan, ay nakarinig ng kaniyang patotoo tungkol kay Jesus. Sa Judea ay tinanggap ni Kristo ang Kaniyang unang mga alagad. Dito Niya ginugol ang malaking panahon ng Kaniyang unang ministeryo. Ang pagkislap ng Kaniyang pagka-Diyos sa pagkakapaglinis ng templo, ang Kaniyang mga kababalaghan sa pagpapagaling, at ang mga aral ng banal na katotohanang namutawi sa Kaniyang mga labi, lahat ay pawang nagpatunay ng
[305] tulad ng pinatunayan Niya sa harap ng Sanedrin pagkatapos na mapagaling Niya ang lalaking lumpo sa may tangke ng Bethesda—na Siya nga ang Anak ng Walang-hanggang Diyos.

Kung tinanggap si Kristo ng mga pinuno ng Israel, ibinigay sana Niya sa kanila ang karangalan na maging Kaniyang mga tagapagbalita ng ebanghelyo sa sanlibutan. Sa kanila muna unang ibinigay ang pagkakataong maging mga tagapagbalita ng kaharian at biyaya ng Diyos. Nguni’t hindi naalaman ng Israel ang panahon ng pagdalaw sa kaniya. Ang pananaghili at di-pagtitiwala ng mga pinunong Hudyo ay nauwi sa hayagang pagkagalit, at ang puso ng mga tao ay naibaling na palayo kay Jesus.

Tinanggihan ng Sanedrin ang pabalita ni Kristo at ipinasiyang Siya'y ipapatay; kaya nga iniwan ni Jesus ang Jerusalem, ang mga saserdote, ang templo, ang mga pinunong ukol sa relihiyon, at ang bayang tinuruan sa kautusan, at binalingan Niya ang ibang uri ng mga tao upang ito ang pagtanyagan Niya ng Kaniyang pabalita, at upang makapagtipon Siya ng mga makapagdadala ng ebanghelyo sa lahat ng mga bansa.

Kung paanong ang ilaw at buhay ng mga tao ay tinanggihan ng mga pinuno ng simbahan noong panahon ni Kristo, ay gayundin tinanggihan ito sa bawa't sumusunod na salin-ng-lahi. Muli at muling naulit ang kasay-sayan ng pag-alis ni Kristo sa Judea. Nang ipangaral ng mga Repormador ang salita ng Diyos, hindi nila inisip na humiwalay sa nakatatag nang iglesya; nguni't ang liwanag ay hindi matanggap ng mga pinuno ng simbahan, kaya't ang mga maydala nito ay napilitang humanap ng ibang uri ng mga tao, na mga sabik sa katotohanan. Sa kapanahunan natin ay iilan lamang sa mga nagsasabing sila'y mga alagad ng mga Repormador ang talagang kini-kilos ng diwa nila. Iilan ang nakikinig sa tinig ng Diyos, at nahahandang tumanggap ng kahit anumang uri ng katotohanan. Madalas na ang mga sumusunod na ito sa mga bakas ng mga Repormador ay napilitang humiwalay sa mga iglesyang mahal [306]
sa kanila, upang maitanyag lamang nila ang malinaw na itinuturo ng salita ng Diyos. At madalas din na ang mga naghahanap ng liwanag ay napipilitang umalis sa iglesya ng kanilang mga magulang dahil sa aral ding iyon, upang masunod lamang nila ang katotohanan.

Hinahamak ng mga rabi sa Jerusalem ang mga tao sa Galilea at itinuturing na ang mga ito ay mararahas at walang pinag-aralan, gayunma'y sila ang nagbibigay ng lalong kanais-nais na bukiran para sa gawain ng Taga-pagligtas. Sila'y lalong masisigasig at lalong tapat; hindi gaanong sumasailalim ng kontrol ng mga panatiko; lalong bukas ang kanilang isip sa pagtanggap ng katoto-hanan. Ang pagtungo ni Jesus sa Galilea, ay hindi sa hangaring mapag-isa o lumayo sa karamihan. Nang panahong ito ang lalawigan ng Galilea ay tinatahanan ng maraming nagsisiksikang mga tao, na ang karamihan ay halu-halong mga tao ng iba-ibang mga bansa na wala sa Judea.

Sa paglilibot ni Jesus sa buong Galilea, na nagtuturo at nagpapagaling, mga karamihan ang nagkakalipumpon sa Kaniya buhat

sa mga lunsod at mga nayon. Marami pa nga ang nanggagaling sa Judea at sa mga karatig na lalawigan. Madalas na napipilitan Siyang magtago sa mga tao. Ang alingasngas ay gayon na lamang kalaki na anupa't kinailangang gumawa ng mga pag-iingat baka sapantahain ng mga pinunong Romano na may nagbabangon ng paghihimagsik. Di-kailanman nagkaroon nang una ng isang panahong gaya nito sa sanlibutan. Ang langit ay ibinababa sa mga tao. Ang nangagugutom at nangauuhaw na kaluluwang malaon nang nangagsipaghintay sa ikatutubos ng Israel ay nangagsipagtamasa ngayon ng biyaya ng isang maawaing Tagapagligtas.

Ang laman ng pangangaral ni Kristo ay, "Naganap na ang panahon, at malapit na ang kaharian ng Diyos: kayo'y mangagsisi, at [307] mangagsisampalataya sa ebanghelyo." Ito ang nagpapakilala na ang pabalita ng ebanghelyo, na ipinangaral ng Tagapagligtas, ay nakasalig sa mga hula. Ang "panahon" na sinabi Niyang naganap na ay ang panahong ipinaalam ng anghel Gabriel kay Daniel. "Pitumpung sanlinggo," wika ng anghel, "ang ipinasiya sa iyong mga taon at sa iyong Barial na Bayan, upang tapusin ang pagsalansang, at upang wakasan ang pagkakasala, at upang linisin ang kasamaan, at upang dalhan ng walang-hanggang katwiran, at upang tatakan ang pangitain at ang hula, at upang pahiran ang kabanal-banalan." Daniel 9:24. Sa hula ang isang araw ay isang taon. Tingnan ang Mga Bilang 14:34; Ezekiel 4:6. Ang pitumpung sanlinggo, o apat na raan at siyamnapung araw, ay kuma-katawan sa apat na raan at siyamnapung taon. Ang pasimula ng panahong ito ay ibinibigay: "Iyo ngang talas-tasin at bulayin, na mula sa paglabas ng utos na isauli at itayo ang Jerusalem hanggang sa Pinahiran (Mesiyas) na Prinsipe ay magiging pitong sanlinggo, at animnapu't dalawang sanlinggo," animnapu't siyam na sanlinggo, o apat na raan at walumpu't tatlong taon. Daniel 9:25. Ang utos na isauli at itayo ang Jerusalem, alinsunod sa karagdagang utos ni Artajerjer Longimanus (tingnan ang Ezra 6:14; 7:1, 9), ay nagkabisa noong taglagas ng 457 B.K. Buhat sa panahong ito ang apat na na raan at walum-pu't tatlong taon ay humahangga sa taglagas ng 27 P.K. Ayon sa hula, ang panahong ito ay aabot sa Mes yas, ang Isa na Pinahiran. Noong taong 27 P.K., nang binyagan si Jesus ay tinanggap Niya ang pagpapahid ng Espiritu Santo, at hindi nagtagal pagkatapos nito ay pinasimulan Niya ang Kaniyang ministeryo. Noon Niya itinanyag ang pabalitang, "Na-

ganap na ang panahon." Pagkatapos, sinabi ng anghel, "Pagtitibayin Niya ang tipan sa marami sa isang sanlinggo [pitong taon]." Sa loob ng pitong taon buhat nang pumasok ang Tagapaglig-tas sa Kaniyang ministeryo, ay ipinangaral ang ebanghelyo tanging-tangi na sa mga Hudyo; sa loob ng tatlo [308]
at kalahating taon ay sa pamamagitan ni Kristo; at pagkatapos ay sa pamamagitan naman ng mga apostol. "Sa kalahati ng sanlinggo ay Kaniyang ipatitigil ang hain at ang alay." Daniel 9:27. Noong tagsibol ng taong 31 P.K., si Kristong tunay na handog ay inialay sa Kalbaryo. Nang magkagayo'y nahapak sa gitna ang tabing ng templo, na nagpapakilalang ang kabanalan at kahalagahan ng mga paghahandog ay lumipas na. Sumapit na ang panahon upang mawakasan ang mga paghahain at pag-aalay sa lupa.

Ang isang sanlinggo—pitong taon—ay natapos noong taong 34 P.K. At nang batuhin ng mga Hudyo si Esteban ay pinagtibay nila ang kanilang pagtanggi sa ebanghelyo; ang mga alagad na nagsipangalat dahil sa pag-usig "ay nagsipaglakbay na ipinangangaral ang salita" (Mga Gawa 8:4); at hindi natagalan pagkatapos nito, si Saulong mang-uusig ay nahikayat, at naging Pablo, na apostol sa mga Hentil.

Ang panahon ng pagkapanganak kay Kristo, ang pag-papahid sa Kaniya ng Espiritu Santo, ang Kaniyang pag-kamatay, at ang pagbibigay o pagdadala ng ebanghelyo sa mga Hentil, ay malinaw na sinabi. Karapatan sana ng bansang Hudyo na maalaman ang mga hulang ito, at makilalang ito ay natupad sa buhay at gawa ni Jesus. Ipinaunawa ni Kristo sa Kaniyang mga alagad ang kahalagahan ng pag-aaral ng hula. Nang tukuyin Niya ang hulang ibinigay kay Daniel na nagsasabi ng panahon nila, ay sinabi Niya, "Unawain ng bumabasa." Mateo 24:15. At nang Siya'y mabuhay na mag-uli ay ipinaliwanag Niya sa mga alagad sa pamamagitan ng "lahat ng mga propeta" "ang mga bagay tungkol sa Kaniya." Lucas 24:27. Ang tagapagligtas ay nagsalita sa pamamagitan ng lahat ng mga propeta. "Ang Espiritu ni Kristo na sumasakanila" ay "pinatotohanan nang una ang mga pagba-bata ni Kristo, at ang mga kaluwalhatiang hahalili sa mga ito." 1 Pedro 1:11. [309]

Si Gabriel, ang anghel na sumusunod sa Anak ng Diyos sa karangalan, ay siyang lumapit kay Daniel na dala ang sugong buhat sa Diyos. Si Gabriel, na "Kaniyang anghel," ang siyang inutusan

ni Kristo upang ipakita sa pinaka-iibig na si Juan ang panahong hinaharap; at isang pag-papala ang iginagawad sa mga bumabasa at nakikinig ng mga salita ng hula, at ginaganap ang mga bagay na nasusulat doon. Apocalipsis 1:3.

"Ang Panginoon ay walang gagawin, kundi Kaniyang ihahayag ang Kaniyang lihim sa Kaniyang mga lingkod na mga propeta." Bagama't "ang mga bagay na lihim ay nauukol sa Panginoon nating Diyos," "yaon namang mga bagay na hayag ay nauukol sa atin at sa ating mga anak magpakailanman." Amos 3:7; Deuteronomio 29:29. Ibinigay sa atin ng Diyos ang mga bagay na ito, at ibubuhos Niya ang Kaniyang pagpapala sa taong buong galang at maypananalanging nag-aaral ng mga salita ng hula.

Kung paanong itinanyag ng pabalita ng unang pag-parito ni Kristo ang kaharian ng Kaniyang biyaya, gayundin naman itinatanyag ng pabalita ng Kaniyang ikalawang pagparito ang kaharian ng Kaniyang kaluwalhatian. At ang pabalita ng ikalawang pagparito, gaya ng pabalita ng unang pagparito, ay nakasalig sa mga hula. Ang mga sinalita ng anghel kay Daniel na may kaugnayan sa mga huling araw ay mapag-uunawa sa panahon ng kawakasan. Sa panahong yaon, "marami ang tatakbo nang paroo't parito, at ang kaalaman ay lalago." "Ang masa-sama ay gagawa na may kasamaan: at wala sa masasama na makakaunawa; nguni't silang pantas ay mangakakaunawa." Daniel 12:4, 10. Ang Tagapagligtas na rin ay nagbigay ng mga tanda ng Kaniyang pagparito, at ang wika Niya, "Pagka nangakita ninyong nangyari ang mga bagay na ito, talastasin ninyo na malapit na ang kaharian ng Diyos." "At mangag-ingat kayo sa inyong sarili, baka mangalugmok ang inyong mga puso sa katakawan,
[310] at sa kalasingan, at sa mga pagsusumakit ukol sa buhay na ito, at dumating na bigla sa inyo ang araw na yaon na gaya ng silo." "Mangagpuyat nga kayo, at magsipa-nalanging lagi, upang kamtin ninyo ang makatakas sa lahat ng mga bagay na ito na mangyayari, at upang mangakatayo kayo sa harapan ng Anak ng tao." Lucas 21: 31, 34, 36.

Sumapit na tayo sa panahong ipinagpaunang-sabihin ng mga talatang ito. Dumating na ang panahon ng kawakasan, nahayag na ang mga pangitain ng mga propeta, at ang solemneng mga babala nito ay itinuturo tayo sa malapit nang pagdating ng ating Panginoon na may kaluwalhatian.

Namali ang mga Hudyo ng pagpapakahulugan at paglalapat sa salita ng Diyos, kaya hindi nila naalaman ang panahon ng pagdalaw sa kanila. Ang mga taon ng ministeryo ni Kristo at ng Kaniyang mga apostol—ang mahahalaga't huling mga taon ng biyaya sa bayang hinirang—ay ginugol nila sa pagbabalak na patayin ang mga taga-pagbalita ng Panginoon. Mga hangaring makalupa ang pumuno sa kanilang isipan, at nawalang-kabuluhan sa kanila ang alok ng espirituwal na kaharian. Kaya ngayon ang kaharian ng sanlibutang ito ay siyang pinagkakaabalahan ng isip ng mga tao, at hindi nila pinapansin ang matuling nangatutupad na hula at mga tanda ng mabilis-na-dumarating na kaharian ng Diyos.

"Nguni't kayo, mga kapatid, ay wala sa kadiliman, upang sa araw na yaon ay masubukan kayong gaya ng magnanakaw. Kayong lahat ay pawang mga anak ng kaliwanagan, at mga anak ng araw: tayo'y hindi ng gabi, ni ng kadiliman man." Bagama't hindi natin naaalaman ang oras ng pagbabalik ng ating Panginoon, maaalaman naman natin kung ito'y malapit na. "Huwag nga tayong mangatulog, gaya ng mga iba; kundi tayo'y mangagpuyat at mangagpigil." 1 Tesaloniea 5:4-6. [311]

# Kabanata 24—“Hindi Baga Ito ang Anak ng Anluwagi’?”

Ang kabanalang ito ay batay sa Lukas 4:16-30.

Sa maaliwalas na panahon ng ministeryo ni Kristo sa Galilea, ay may isang maitim na ulap na nakahalang. Itinakwil Siya ng mga tao sa Nasareth. “Hindi baga ito ang anak ng anluwagi?”wika nila.

Sa panahon ng Kaniyang pagiging-bata at pagigingkabataan, kasama-sama na ni Jesus ang Kaniyang mga kapatid sa pagsamba sa sinagoga sa Nasareth. Buhat nang pasimulan Niya ang Kaniyang ministeryo ay hindi na nila Siya nakasama, gayunman ay hindi nalilihim sa kanila ang mga bagay na nangyayari sa Kaniya. Nang Siya’y muli nilang makita, ang kanilang interes at ina-asahan ay umabot sa sukdulan. Narito ang mga mukha at mga anyo ng mga taong nakilala na Niya buhat pa nang Siya’y bata. Narito ang Kaniyang ina, ang Kaniyang mga kapatid na lalaki at babae, at lahat ay nakatingin sa Kaniya nang Siya’y pumasok sa sinagoga isang araw ng Sabado, at maupong kasama ng mga sumasamba.

Sa pagsamba nila nang araw na yaon, ang matan-dang namumuno ay bumasa sa mga propeta, at pinayuhan ang mga tao na patuloy na maghintay sa Isang Dumarating, na maluwalhating maghahari, at papawi sa lahat ng pang-aapi. Sinikap nitong pasiglahin ang
[312] mga nakikinig sa kaniya sa pamamagitan ng pagbanggit na isa-isa sa mga katunayan na malapit na nga ang pag-dating ng Mesiyas. Inilarawan nito ang kaluwalhatian ng Kaniyang pagdating, na sinisikap palitawin ang isipan na Siya’y darating na nangunguna sa mga hukbo upang hanguin ang Israel.

Kapag mayroong rabi sa sinagoga, ito ang inaasahang magsesermon, at sinumang Israelita ay maaari namang bumasa sa mga aklat ng mga propeta. Nitong Sabadong ito, si Jesus ay hinilingang makibahagi sa serbisyo. Siya’y “nagtindig upang bumasa. At ibinigay sa Kaniya ang aklat ng propeta Isaias.” Lueas 4:16, 17. Ang kasulatang tinunghayan Niya ay ang ipinalalagay na tumutukoy sa Mesiyas:

"Sumasa Akin ang Espiritu ng Panginoon,
Sapagka't Ako'y pinahiran Niya upang ipangaral ang mabubuting balita sa mga dukha;
Ako'y sinugo Niya upang magpagaling ng mga bag-bag na puso,

Upang itanyag sa mga bihag ang pagkaligtas,
At sa mga bulag ang pagkakita,
Upang bigyan ng kalayaan ang nangaaapi,
Upang itanyag ang kaaya-ayang taon ng Panginoon."

"At binalumbon Niya ang aklat, at isinauli sa naglilingkod: ... at ang mga mata ng lahat ng nangasa sinagoga ay nangakatitig sa Kaniya. ... At Siya'y pinato-tohanan ng lahat, at nangagtaka sa mga salita ng biya-ya na lumalabas sa Kaniyang bibig." Lucas 4:20-22.

Tumindig si Jesus sa harap ng mga tao bilang isang tagapagpaliwanag ng mga hula tungkol sa Kaniyang sarili. Sa pagpapaliwanag ng mga salitang Kaniyang binasa, ay sinabi Niyang ang Mesiyas ay magbibigay-ginhawa sa mga naaapi, magpapalaya sa mga bihag, magpapagaling sa mga maysakit, na magpapadilat sa mga bulag, at ihahayag sa sanlibutan ang liwanag ng katotohanan. Ang [313] Kaniyang kapansin-pansing kilos at ang kahanga-hangang kahulugan ng Kaniyang mga pangungusap ay nagsilid sa puso ng mga nagsisipakinig ng isang kapangyarihang hindi nila naramdaman nang una. Iginiba ng agos ng kapangyarihan ng Diyos ang lahat ng hadlang; katulad ni Moises, namasdan nila ang Di-Nakikita. At nang hipuin ng Espiritu Santo ang kanilang mga puso, ay nagsitugon sila ng matutunog na "amen" at ng mga papuri sa Panginoon.

Nguni't nang ipahayag ni Jesus, "Ngayo'y naganap ang kasulatang ito sa inyong mga pakinig," ay bigla nilang napag-isip kung sino sila, at kung sino Siya na nagsasalita sa kanila. Sila, na mga Israelita, na mga anak ni Abraham, ay inilarawan na nasa pagkaalipin. Sila'y sinabihang gaya ng mga bilanggo na hahanguin sa kapangyarihan ng masama; gaya ng nasa kadiliman, at nangangailangan ng liwanag ng katotohanan. Nasaktan ang kanilang kayabangan, at napukaw sa loob nila ang kanilang mga ipinangangamba. Ang mga salita ni Jesus ay nagpahiwa-tig na ang gawain Niya sa kanila ay magiging ganap na kakaiba kaysa kanilang ninanais. Ang kanilang gawa ay baka siyasatin nang totoong masusi. Bagaman sila'y maiingat

at mahihigpit sa mga panlabas na seremonya, ay nanliliit sila sa paniniyasat ng malilinaw at nanana-liksik na mga matang yaon.

Sino ang Jesus na ito? tanung-tanungan nila. Siya na umaangkin ng karangalan ng pagka-Mesiyas ay anak ng isang anluwagi, at naghahanap-buhay na kasama ng kaniyang amang si Jose. Nakita nila Siyang nag-aaho't lusong sa mga burol, kilala nila ang Kaniyang mga kapatid na lalaki at babae, at talos nila ang Kaniyang kabuhayan at mga gawain. Nakita nila ang Kaniyang paglaki buhat sa pagkasanggol hanggang sa pagkabata, at mula sa pag-kabata hanggang sa pagkabinata. At bagama't ang Kaniyang buhay ay walang-
[314] dungis, ay ayaw nilang maniwalang Siya nga ang Isang Ipinangako.

Ano't ibang-iba ang turo Niya tungkol sa bagong kaharian at sa narinig nila sa kanilang matanda! Si Jesus ay walang binanggit na anuman na sila'y ililigtas sa kamay ng mga Romano. Nabalitaan nila ang Kaniyang mga gawang kababalaghan, at inasahan nilang ang kapang-yarihan Niya ay gagamitin sa ikalalamang nila, subali't wala silang nakitang anumang pahiwatig tungkol sa gayong panukala.

Nang sila'y magpasimulang mag-alinlangan, ang kanilang mga puso ay lalo nang tumigas sa saglit na pagkakapukaw niyon. Matigas na ipinasiya ni Satanas na hindi niya tutulutang mamulat sa araw na yaon ang mga matang nabubulagan, ni palalayain man ang mga kaluluwang nakagapos sa pagkaalipin. Ibinuhos niya ang kaniyang buong lakas upang maipako sila sa di-paniniwala. Hindi nila pinansin ang tandang ibinigay na, nang sila'y makilos na maniwalang ang nagsalita sa kanila ay ang kanilang Manunubos.

Nguni't ngayo'y binigyan sila ni Jesus ng katunayan ng Kaniyang pagka-Diyos nang ihayag Niya sa kanila ang lihim nilang mga iniisip. "Sinabi Niya sa kanila, Walang salang sasabihin ninyo sa Akin itong talinhaga, Mangga-gamot, gamutin Mo ang Iyong sarili: ang anumang aming narinig na ginawa sa Capernaum, ay gawin Mo naman dito sa Inyong lupain. At sinabi Niya, Katotohanang sinasabi Ko sa inyo, Walang propetang kinalulugdan sa kaniyang tinubuang lupa. Datapwa't katotohanang sina-sabi Ko sa inyo, Maraming mga balong babae sa Israel nang mga araw ni Elias, nang sarhan ang langit sa loob ng tatlong taon at anim na buwan, noong datnan ng malaking kagutom ang buong sangkalupaan; at sa kaninuman sa kanila ay hindi sinugo si Elias, kundi sa Zarephath, sa lupa ng Sidon, sa isang babaing balo. At maraming ketongin sa

Israel nang panahon ni Eliseo na propeta; at sinuman sa kanila ay
hindi nilinis, kundi lamang si Naaman, na Siro.” Lukas [315]

Sa paglalahad na ito ng mga pangyayari sa buhay ng mga propeta, ay sinagot ni Jesus ang mga pagtatanong ng mga nagsisipakinig sa Kaniya. Ang mga lingkod na pinili ng Diyos upang gumawa ng tanging gawain ay hindi pinayagang gumawa para sa isang bayang may matigas na puso at walang pananampalataya. Datapwa’t yaong mga taong may mga pusong nakakaramdam at suma-sampalataya ay tangi nang pinagpakitaan ng mga katunayan ng Kaniyang kapangyarihan sa pamamagitan ng mga propeta. Noong mga kaarawan ni Elias, ay tumalikod sa Diyos ang Israel. Nangunyapit sila sa kanilang mga kasalanan, at tinanggihan ang mga babala ng Es piritu sa pamamagitan ng mga sugo ng Panginoon. Sa gayon nila inihihiwalay ang kanilang mga sarili sa daluyang sa pamamagitan niyon makaaabot sa kanila ang pagpapala ng Diyos. Nilampasan ng Panginoon ang mga tahanan ng Israel, at nakatagpo ng isang masisilungan ng Kaniyang lingkod sa isang lupaing walang Diyos, sa tahanan ng babaing hindi nabibilang sa hinirang na bayan. Nguni’t ang babaing ito ay nilingap dahil sa sinunod nito upang tumanggap ng lalo pang malaking liwanag na ipinadala ng Diyos sa pamamagitan ng Kaniyang propeta.

Ito rin ang dahilan kaya noong panahon ni Eliseo ay nilampasan ang mga ketongin sa Israel. Nguni’t si Naaman, na isang mahal na taong walang Diyos, ay tapat sa kaniyang pagkakilala sa matwid, at nakadama ng malaki niyang pangangailangan ng tulong. Nasa kalagayan siyang handang tumanggap ng masaganang biyaya ng Diyos. Hindi lamang nilinis siya sa kaniyang sakit na ketong kundi biniyayaan pa siya ng pagkakilala sa tunay na Diyos.

Ang katayuan natin sa harap ng Diyos ay nakasalig, hindi sa laki
ng liwanag na ating tinanggap, kundi sa paraan ng ating paggamit sa
liwanag na nasa atin. Kaya maging ang mga taong walang pagkaki-
lala sa tunay na Diyos na pumipili ng matwid na kanilang nakikilala, [316]
ay nasa lalo pang karapat-dapat na kalagayan kaysa mga taong may [317]
malaking pagkakilala sa liwanag, at nagsa-sabing naglilingkod sa
Diyos, nguni’t hindi naman sinu-sunod ang ayon sa liwanag na kani-
lang nakikilala, at namumuhay pa araw-araw nang kasalungat ng
kanilang sinasampalatayanan.

Ang mga sinalita ni Jesus sa mga nakikinig sa Kaniya sa sinagoga ay tumama sa ugat ng kanilang pagbabanal-banalan, na idinidiin sa kanilang mga puso ang mapait na katotohanang sila'y humiwalay na sa Diyos at inalis na sa kanila ang karapatan na maging Kaniyang bayan. Bawa't salita ay humihiwang parang sundang habang inilalantad sa harap nila ang tunay nilang kalagayan. Kanila ngayong nilibak ang pananampalatayang unang isinilid ni Jesus sa puso nila. Ayaw nilang tanggapin na Siya na nagmula sa karalitaan at kababaan ay iba kaysa isang karaniwang tao.

Ang kanilang di-paniniwala ay nagbunga ng poot. Sinupil sila ni Satanas, at sa galit nila ay sinigawan nila ang Tagapagligtas. Tinalikdan nila Siya na ang layunin ay magpagaling at magsauli; at ngayo'y inihayag nila ang likas ng mamumuksa.

Nang banggitin ni Jesus ang mga pagpapalang ibinigay sa mga Hentil o sa ibang mga bansa, ay napukaw ang maalab na damdaming pagkamakabayan ng mga nakikinig sa Kaniya, at ang Kaniyang tinig ay nalunod sa kaingayan ng mga tinig. Ipinagmamalaki ng mga taong ito na sila'y tumutupad ng kautusan; subali't ngayong nasaktan ang kanilang damdamin, ay handa silang pumatay. Naghiwa-hiwalay ang kapulungan, at nang masunggaban nila si Jesus, ay ipinagtulakan nila Siyang palabas ng sinagoga at ng bayan. Lahat ay waring sabik na Siya'y patayin. Kinaladkad nila Siya hanggang sa bingit ng isang matarik na bangin, na ang balak ay ibulid Siya nang patiwarik.
[318] Mga sigaw at mga panunungayaw ang pumuno sa himpapawid. May ilang bumabato sa Kaniya, nang di-kaginsa-ginsa'y bigla na lamang Siyang nawala sa gitna nila. Ang mga sugo ng langit na kapiling Niya sa sinagoga ay kasama Niya sa gitna ng galit na galit na karamihan. Siya'y kinanlungan ng mga ito sa Kaniyang mga kaaway, at Siya'y inihatid sa isang pook na ligtas sa panganib.

Gayon ipinagsanggalang ng mga anghel si Lot, at inilabas siyang tiwasay mula sa gitna ng Sodoma. Gayon nila ipinagsanggalang si Eliseo sa isang maliit na bayan-bayanan sa bundok. Nang ang mga burol sa paligid ay mapuno ng mga kabayo at mga karo at ng malaking hukbong sandatahan ng hari sa Siria, ay natanawan naman ni Eliseo ang malapit-lapit na mga gulod na nala-laganapan ng mga hukbo ng Diyos—mga kabayo at mga karo ng apoy na nakapaligid sa lingkod ng Panginoon.

Sa lahat nga ng panahon, ang mga anghel ay naging malapit sa mga tapat na tagasunod ni Kristo. Ang malaking hukbo ng masasamang anghel ay nakaabang sa lahat ng mga naghahangad na makapanagumpay; nguni't ibig ni Kristong tingnan natin ang mga bagay na hindi nakikita, ang mga hukbo ng langit na nakapalibot sa lahat ng mga umiibig sa Diyos, na handang iligtas sila. Hindi natin maalaman kailanman, kung sa anu-anong mga panganib, na nakikita at di-nakikita, iniligtas tayo ng mga anghel, kundi kung makita na natin sa liwanag ng walang-hanggan ang mga pamamatnubay ng Diyos. Saka pa lamang natin malalaman na ang buong sambahayan ng langit ay nagmalasakit sa sambahayang narito sa lupa, at ang mga sugong buhat sa luklukan ng Diyos ay siyang namatnubay sa mga hakbang natin sa araw-araw.

Nang basahin ni Jesus sa sinagoga ang hula, ay tumigil Siya bago dumating sa huling bahagi na tumutukoy sa gawain ng Mesiyas. Pagkabasa Niya sa mga salitang, "Upang itanyag ang kalugud-lugod na taon ng Panginoon," ay hindi Niya binasa ang pariralang, "at ang [319]
kaarawan ng paghihiganti ng ating Diyos." Isaias 61:2. Ito ay totoo ring gaya ng unang bahagi ng hula, at ang hindi Niya pagbasa niyon ay hindi nagpapakilalang ito'y hindi na totoo. Datapwa't ang huling pangungusap na ito ay siyang kinalulugdang ipaliwanag ng mga nakikinig sa Kaniya, at siyang pinakamimithi nilang matupad. Ibinabanta nila ang mga hatol at parusa sa mga di-kumikilala sa Diyos, nguni't hindi nila napag-uunawang ang sarili nilang kasalanan ay higit pang malaki kaysa mga iba. Sila na rin ay lubhang nangangailangan ng kahahabagang handa nilang ipagkait sa mga iba. Nang araw na yaon sa sinagoga, nang si Jesus ay tumayo sa gitna nila, ay yaon ang pagkakataon nila na tanggapin ang panawagan ng Langit. Siya na "nalulugod sa kagandahang-loob" (Mikas 7:18) ay nakahandang iligtas sila sa kapahamakang pagdadalhan sa kanila ng kanilang mga kasalanan.

Hindi Niya mapababayaan sila nang walang isa pang panawagan sa pagsisisi. Nang malapit nang matapos ang Kaniyang ministeryo sa Galilea, ay dinalaw Niyang muli ang bayang Kaniyang nilakhan. Mula nang itakwil Siya roon, ay lumaganap na ang kabantugan ng Kaniyang pangangaral at mga kababalaghan. Wala ngayong makapag-tatwang Siya'y nag-angkin ng kapangyarihang higit kaysa kapangyarihan ng tao. Alam ng mga tao sa Nazareth na Siya'y

naglilibot na gumagawa ng mabuti, at nagpapagaling ng lahat na pinahihirapan ni Satanas. Sa palibot nila ay naroon ang mga nayon na hindi nakaringgan ng daing ng maysakit ang alinmang bahay, sapagka't dumaan Siya roon, at Kaniyang pinagaling ang lahat nilang maysakit. Ang kahabagang nakita sa Kaniyang mga gawa ay nagpatunay na Siya nga'y pinahiran ng Diyos.

Samantalang sila'y nakikinig na muli sa Kaniyang mga salita ay kinilos ng Banal na Espiritu ang mga taga-Nazareth. Gayunma'y ayaw pa rin nilang aminin ngayon na ang Lalaking ito, na lumaking
[320] kasama nila, ay naiiba o nakahihigit kaysa kanila. Umuukilkil pa rin sa kanilang gunita ang mapait na alaala na bagama't inaangkin Niyang Siya ang Ipinangakong Mesiyas, hindi naman Niya kinilalang sila'y nabibilang sa Israel sapagka't sa paghahalimbawa Niya ay ipinakilala Niyang lalo pang karapat-dapat sa lingap ng Diyos ang isang lalaki at isang babaing hindi nakakakilala sa Diyos kaysa kanila. Kaya nga bagaman itinatanong nilang, "Saan kumuha ang Taong ito ng karunungan, at ng makapangyarihang mga gawang ito?" ay tikis namang ayaw nilang tanggapin Siya na siyang Kristo ng Diyos. Dahil sa kanilang di-pagsampalataya, ay hindi makagawa ang Tagapagligtas ng maraming kababalaghan sa gitna nila. Iilang mga puso lamang ang nagbukas upang tumanggap ng Kaniyang pagpapala, at masaklap sa Kaniyang loob na Siya'y umalis, upang hindi na bumalik kailanman.

Palibhasa'y kimkim na sa puso ang di-paniniwala, kaya ito ang patuloy na umiral at sumupil sa mga tao ng Nazareth. Kaya ito rin ang umiral at sumupil sa Sanedrin at sa bansa. Ang kauna-unahang pagtanggi ng mga saserdote at mga tao sa paghahayag ng kapangyarihan ng Espiritu Santo, ay siyang pasimula ng wakas. Upang patunayang ang una nilang paglaban ay matwid, patuloy na nilang nilabanan ang mga salita ni Kristo magbuhat noon. Ang pagtanggi nila sa Espiritu ay natapos sa krus ng Kalbaryo, sa pagkawasak ng kanilang bayan, at sa pagkakawatak-watak ng bansa sa lahat ng dako ng lupa.

Oh, gaano ang pagkasabik ni Kristo na buksan sa Israel ang mahahalagang kayamanan ng katotohanan! Subali't gayon na lamang ang espirituwal na pagkabulag nila na anupa't hindi na mangyaring maihayag sa kanila ang mga katotohanang may kaugnayan sa Kaniyang kaharian. Mahigpit ang kapit nila sa kanilang kredo at

mga seremonya gayong ang katotohanan ng Langit ay naghihintay na tanggapin nila. Ginugol nila ang kanilang salapi sa ipa at mga balat, gayong maaabot lamang nila ang tinapay ng buhay. Bakit [321]
hindi sila dumulog sa salita ng Diyos, at masikap na magsaliksik upang maalaman nila kung sila'y namamali? Maliwanag na inilalahad ng mga Kasulatan ng Matandang Tipan ang bawa't kaliit-liitang bagay ng ministeryo ni Kristo, at muli't muli Siyang sumipi sa mga ipinahayag ng mga propeta, at sinabi, "Ngayo'y naganap ang kasulatang ito sa inyong mga pakinig." Kung buong tapat nilang sinaliksik ang mga Kasulatan, at sinubok sa salita ng Diyos ang kanilang mga haka-haka o teorya, hindi na sana tinangisan ni Jesus ang kanilang di-pagsisisi. Hindi Niya sana kinailangang sabihing, "Narito, ang inyong bahay ay iniwan sa inyo na sira." Lueas 13:35. Napagkilala sana nila ang katunayan ng Kaniyang pagka-Mesiyas, at naiwasan sana ang kasakunaang ikinagiba ng kanilang palalong siyudad. Datapwa't ang isip ng mga Hudyo ay kumitid dahil sa kanilang di-makatwirang pagka-panatiko. Ang mga turo o aral ni Kristo ay naghayag ng mga kapintasan ng kanilang likas, at nag-aatas na sila'y magsisi. Kung tinanggap nila ang Kaniyang mga turo, dapat nilang binago ang kanilang mga gawain, at itinakwil ang pinakamimithi nilang mga pag-asa. Upang sila'y maparangalan ng Langit, dapat nilang iwan o isakripisyo ang parangal ng mga tao. Kung susundin nila ang mga salita ng bagong gurong ito, dapat nilang salansangin ang mga turo at pala-palagay ng mga dakilang mapag-isip at mga guro nang panahong iyon.

Ang katotohanan ay hindi popular noong panahon ni Kristo. Hindi ito popular sa ating kapanahunan. Hindi na ito naging popular buhat pa noong patabangin ni Satanas ang pagkakagusto rito ng tao sa pamamagitan ng pagtuturo ng mga katha-katha na nauuwi sa pagtataas ng sarili. Hindi ba't ngayon ay mayroon tayong nasasagupang mga teorya at mga doktrina na hindi nakasalig sa salita ng Diyos? Nangangapit nang buong higpit ang mga tao sa mga ito na gaya ng ginawang mahigpit na pagkapit ng mga Hudyo sa kanilang [322]
mga sali't-saling sabi.

Ang mga pinunong Hudyo ay nangapuno ng kapala-luang espirituwal. Ang hangarin nila na mabigyang kaluwalhatian ang sarili ay mismong nahayag sa mga paglilingkod sa santuwaryo. Gustung-gusto nila ang pinaka-matataas na luklukan sa sinagoga. Gustong-

gusto nila ang mga bating iniuukol sa kanila sa mga pamilihan, at ikinasisiya nilang marinig sa mga labi ng mga tao ang pagsambit sa kanilang mga titulo. Nang lumamig na ang tunay na pagbabanal, lalo naman silang naging masikap sa mga sali't-saling sabi at mga seremonya nila.

Palibhasa ang kanilang pang-unawa ay pinadilim ng sariling maling pagkakilala, hindi nila maitugma ang kapangyarihan ng humahatol na salita ni Kristo sa aba Niyang pamumuhay. Hindi nila matanggap ang katoto-hanan na ang tunay na kadakilaan ay hindi nakikita sa panlabas na kaanyuan. Ang karukhaan ng Taong ito ay waring ganap na kasalungat o di-naaayon sa sinasabi Niyang Siya ang Mesiyas. Kanilang itinatanong, Kung Siya nga iyong talagang sinasabi Niya, bakit Siya lubhang mabanayad? Kung Siya'y nasisiyahan nang di-gagamit ng lakas ng sandata, ay ano nga ang mangyayari sa kanilang bansa? Paano magagawa ng kapangyarihan at kaluwalhatiang malaon nang inaasam na maipailalim ang mga bansa sa siyudad ng mga Hudyo? Hindi ba itinuro ng mga saserdote na ang Israel ay siyang maghahari sa buong lupa? At paano naman kaya mamamali ang mga dakilang guro ng relihiyon?

Nguni't hindi lamang ang kawalan ng panlabas na karangyaan sa buhay ni Jesus ang umakay sa mga Hudyo na Siya'y itakwil. Siya ang kabuuan ng kalinisan, at sila'y pawang marurumi. Siya'y namuhay sa gitna ng mga tao na isang uliran sa sakdal na kalinisang-budhi. Ang Kaniyang walang-dungis na kabuhayan ay nagpasinag ng liwanag sa kanilang mga puso. Ang katapatan Niya ay naghayag
[323] ng kanilang kawalang-katapatan. Inilitaw nito ang kahungkagan ng kanilang paimbabaw na kabanalan, at ito'y nakatagpo ng nakaririmarim na uri ng kasamaan sa kanila. Ang ganitong liwanag ay hindi nila matatanggap.

Kung binigyang-pansin lamang ni Kristo ang mga Pariseo, at ibinunyi ang kanilang karunungan at kabanalan, sana'y malugod nila Siyang tinanggap at pinagpugayan. Datapwa't nang sabihin Niya na ang kaharian ng langit ay isang panahon ng pagkaawa sa buong sangkatauhan, ay nagharap Siya ng isang anyo ng relihiyon na hindi nila matutulutan. Ang sarili nilang halimbawa at turo ay di-kailanman naging gayon na magagawang wari'y kanasa-nasa ang paglilingkod sa Diyos. Nang makita nilang ang pinag-uukulan ng pansin ni Jesus ay ang mga taong kanilang kinapopootan at

itinatakwil, ay nagpasulak ito ng matinding pagkagalit sa kanilang mga palalong puso. Sa kabila ng kanilang pagyayabang na sa ilalim ng "Liyon sa angkan ng Juda" (Apocalipsis 5:5), ay mabubunyi ang Israel sa ibabaw ng lahat ng mga bansa, napagti-isan sana nila ang pagkabigo ng kanilang matatayog na pag-asa nang higit sa kaya nilang ipagtiis sa mga sumbat ni Kristo sa kanilang mga kasalanan, at ang pag-kakutyang nadama nila sa harap ng Kaniyang kalinisan. [324]

## Kabanata 25—Ang Tawag sa Tabi ng Dagat

Ang kabanatang ito ay batay sa Mateo 4:18-22; Marcos 1:16-20; Lukas 5:1-11.

Namimitak na ang araw sa Dagat ng Galilea. Ang mga alagad, na hapo na sa magdamag na bigong pama-malakaya, ay nananatili pa ring nasa kani-kanilang mga bangkang pangisda. Si Jesus ay pumaroon upang gugulin ang isang oras ng katahimikan sa tabi ng dagat. Sapagka't napakaaga pa ay inasahan Niyang mayroon pa Siyang sandaling panahong maipagpapahinga bago dumating ang mga karamihang sumusunod sa Kaniya araw-araw. Nguni't agad ding nagdatingan ang mga tao at nagkatipon sa palibot Niya. Mabilis na dumami ang kanilang bilang, na anupa't nasiksik na Siya sa kabi-kabila. Samantala'y dumating naman ang mga alagad upang lumunsad sa pampang. Upang maiwasan ang pagsisiksikan ng karamihan, kagyat na lumulan si Jesus sa bangka ni Pedro, at sinabi rito na ilayo nang bahagya sa pampang ang bangka. Dito'y higit na makikita at maririnig si Jesus ng lahat, at kaya nga mula sa bangka ay tinuruan Niya ang karamihang nasa baybayin.

Ano ngang tanawin ito na dapat bulay-bulayin ng mga anghel: ang maluwalhati nilang Kapitan ay nakaupo sa bangka ng isang mangingisda, na iniuugoy ng walang-pagod na mga alon, at itinatanyag ang mabubuting balita ng kaligtasan sa karamihang
[325] nakikinig na nagsisiksikan hanggang sa labi ng tubig! Siya na Ikinararangal ng langit ay nagpapahayag ng mga dakilang bagay ng Kaniyang kaharian sa karaniwang mga tao sa luwal na dako. Gayunma'y wala na Siyang mapipili pang higit na nababagay na tanawin para sa Kaniyang mga paggawa. Ang dagat, ang mga bundok, ang malawak na kabukiran, ang sikat ng araw na bumabaha sa ibabaw ng lupa, lahat ay nagbibigay ng mga bagay na maglalarawan ng Kaniyang mga aral at magkikintal sa kanilang isipan. At walang aral si Kristo na hindi pinakinabangan. Bawa't mensaheng namutawi

sa Kaniyang mga labi ay naging salita ng walang-hanggang buhay sa ilang kaluluwa.

Sa bawa't sandali ay nararagdagan ang karamihang nasa dalampasigan. Mga matatandang lalaking nakahawak sa kanilang mga tungkod, mga matitipunong mag-bubukid buhat sa mga gulod, mga mangingisdang nang-galing sa pamamalakaya sa dagat, mga mangangalakal at mga rabi, ang mayayaman at marurunong, matatanda at mga bata, ay may mga dalang maysakit at mga pinahihirapan ng kapansanan, at nakikipagsiksikan upang makarinig ng mga salita ng banal na Guro. Ang mga tanawing gaya nito ay ipinatanaw na sa mga propeta, at kaya kanilang isinulat:

> "Ang lupa ni Zabulon at ang lupa ni Neftali,
> Sa gawing dagat, sa dako pa roon ng Jordan, Galilea ng mga Hentil,
> Ang bayang nalulugmok sa kadiliman Ay nakakita ng dakilang ilaw,
> At sa nangalulugmok sa pook at lilim ng kamatayan, Ay lumiwanag sa kanila ang ilaw."
>
> Mateo 4:15, 16.

Sa sermon ni Jesus sa tabing-dagat ay may iba pa Siyang naiisip na mga tagapakinig, bukod sa karamihang nagkakatipon sa mga baybayin ng Genesaret. Sa pagtingin Niya sa dumarating na mga panahon, ay nakita Niya ang Kaniyang mga tapat na alagad na [326]
nasa bilang-guan at bulwagan ng hukuman, nasa pagkatukso at pagkalungkot at paghihirap. Bawa't tanawin ng katuwaan at tunggalian at kagulumihanan ay nabuksan sa harap Niya. Ang mga salitang binigkas Niya sa mga nagkakatipon sa palibot Niya, ay siya ring sinasabi Niya sa iba pang mga kaluluwang ito upang sa kanila'y maging isang mensahe ito ng pag-asa sa panahon ng pagsubok, aliw sa panahon ng kalungkutan, at ilaw ng langit sa panahon ng kadiliman. Sa pamamagitan ng Espiritu Santo, ang tinig na yaong nagsalita buhat sa bangka ng mangingisda sa Dagat ng Galilea, ay maririnig na nagsasalita ng kapayapaan sa puso ng mga tao hanggang sa wakas ng panahon.

Pagkatapos ng pagsasalita, binalingan ni Jesus si Pedro, at inatasan itong pumalaot sa dagat, at minsan pang ihulog ang lambat.

Nguni't matabang na ang loob ni Pedro. Sa buong magdamag ay wala siyang nahuling anuman. Sa loob ng mapanglaw na oras ay naisip niya ang naging kapalaran ni Juan Bautista, na mag-isang nagtitiis ng hirap sa loob ng bilangguan. Naisip niya kung ano kaya ang magiging pag-asa sa hinaharap ng mga sumusunod kay Jesus, ang pagkabigo ng kanilang misyon sa Judea, at ang pagkainggit at pagkapoot ng mga saserdote at mga rabi. Maging ang sarili niyang hanap-buhay ay bigo rin; at nang mamasdan niya ang mga lambat na walang huli, ang hinaharap ay waring madilim sa kaniyang pangmalas. "Guro," sabi niya, "sa buong magdamag ay nagsipagpagal kami, at waia kaming nahuli: datapwa't sa Iyong salita ay ihuhulog ko ang mga lambat."

Ang gabi ay siya lamang kanais-nais na panahon sa pangingisda nang may mga lambat sa malinaw na tubig ng dagat. Pagkaraan ng magdamag na pamamalakayang walang huli, waring lalong walang-pag-asang makahuli kung ihuhulog ang lambat nang araw; subali't
[327] iniutos ni Jesus na gawin iyon, at alang-alang sa pag-ibig nila sa
[328] kanilang Panginoon ay nagsitalima ang mga alagad. Si Simon at ang kaniyang kapatid ang naghulog ng lambat. Nang kanila iyong batakin, halos nagkampupunit iyon sa dami ng mga isdang nahuli. Napilitan silang tawagin sina Santiago at Juan upang sila'y tulungan. At nang mailulan na nila ang huli sa mga bangka, ay nanganib ang mga ito na lumubog dahil sa bigat ng mga nakalaman.

Sa sandaling ito ay hindi na iniisip ni Pedro ang tungkol sa mga bangka o ang nakalulang mga isda. Sa ganang kaniya, ang himalang ito, higit sa anumang bagay na nakita na niya, ay isang pagpapamalas ng kapangyarihan ng Diyos. Kay Jesus ay nakita niya ang Isa na siyang mayhawak sa buong katalagahan o kalikasan. Sa harap ng Diyos na si Jesus ay nakita niya ang kaniyang sariling pagkamakasalanan. Pag-ibig sa kaniyang Guro, pagkahiya sa kaniyang sariling di-paniniwala, pasasalamat sa pagpapakababa ni Kristo, at higit sa lahat, ang pagkadama niya ng kaniyang karumihan sa harap ng di-matingkalang kalinisan, ay buung-buong lumagom at lumukob sa kaniya. Kaya samantalang inaayos ng mga kasamahan niya ang mga isdang huli ng lambat, ay nagpatirapa si Pedro sa paanan ng Tagapagligtas, at bumulalas, "Lumayo Ka sa akin; sapagka't ako'y taong makasalanan, Oh Panginoon."

Ang ganito ring pakikiharap ng kabanalan ng Diyos ang nagpalugmok kay Daniel sa harap ng anghel ng Diyos. Sinabi niya, "Ang aking kagandahan ay umuwi sa kasiraan, at walang nanatiling lakas sa akin." Gayundin nang makita ni Isaias ang kaluwalhatian ng Panginoon, ay siya'y napasigaw, "Sa aba ko! sapagka't ako'y napahamak; sapagka't ako'y lalaking may maraming mga labi, at ako'y tumatahan sa gitna ng bayan na may maruming mga labi: sapagka't nakita ng aking mga mata ang Hari, ang Panginoon ng mga hukbo." Daniel 10:8; Isaias 6:5. Ang tao, taglay ang kaniyang kahinaan at kasalanan, ay napaharap sa kasakdalan ng Diyos, at ganap niyang [329] nadama ang kaniyang kapintasan at kawalang-kabanalan. At ganyan din nga ang nangyayari sa lahat ng mga pinahihintulutang makita ang kadakilaan at kamaharlikaan ng Diyos.

Napabulalas si Pedro, "Lumayo Ka sa akin; sapagka't ako'y taong makasalanan;" gayunma'y mahigpit siyang kumapit sa mga paa ni Jesus, sapagka't nadama niyang hindi siya makahihiwalay sa Kaniya. Sumagot ang Taga-pagligtas, "Huwag kang matakot; mula ngayon ay mama-malakaya ka ng mga tao." Pagkatapos na makita ni Isaias ang kabanalan ng Diyos at ang sarili niyang di-pagi-ging karapat-dapat ay saka siya pinagkatiwalaan ng pabalita ng Diyos. Noon lamang matapos maakay si Pedro na itakwil ang pagkamakasarili at umasa sa kapangya-rihan ng Diyos saka niya natanggap ang tawag na gumawa sa gawain ni Kristo.

Hanggang sa panahong ito ay wala pa ni isa sa mga alagad ang lubusang nakikiisa kay Jesus sa mga paggawa. Nasaksihan na nila ang marami sa Kaniyang mga kababalaghan, at napakinggan na nila ang Kaniyang pag-tuturo; nguni't hindi pa nila iniiwang lubos ang kanilang dating mga hanapbuhay. Ang pagkabilanggo ni Juan Bautista ay naging isang mapait na kabiguan sa kanilang lahat. Kung gayon ang kauuwian ng misyon ni Juan, ka-kaunti na ang maaasahan nila sa kanilang Panginoon, yamang nagkakaisa na ang lahat ng mga pinuno ng relihiyon laban sa Kaniya. Sa ilalim ng ganitong mga pangyayari ay nakagiginhawa sa kanila ang sandaling pagbalik sa kanilang pangingisda. Datapwa't ngayo'y nanawagan na sa kanila si Jesus na kanilang iwan ang dati nilang pamumuhay, at makiisa na sa Kaniya sa mga pag-gawa. Tinanggap ni Pedro ang panawagan. Pagsapit sa pampang, ay tinawag din ni Jesus ang tatlo pa sa mga alagad, "Sumunod kayo sa Akin, at gagawin Ko kayong

mga mamamalakaya ng mga tao." Karaka-rakang iniwan nila ang
[330] lahat, at nagsisunod sa Kaniya.

Bago hiniling ni Jesus na iwan nila ang kanilang mga lambat at mga bangkang pangisda, ay tiniyak Niya sa kanila na ibibigay ng Diyos ang kanilang mga pangangai-langan. Ang pagkagamit sa bangka ni Pedro sa gawain ng ebanghelyo ay mayamang pinagpala. Siya na "maya-man sa lahat ng sa Kaniya'y nagsisitawag," ay nagsabing, "Mangagbigay kayo, at kayo'y bibigyan; takal na mabuti, pikpik, liglig, at umaapaw." Roma 10:12; Lucas 6:38. Sa ganitong sukat o takal ginantimpalaan Niya ang paglilingkod ng mga alagad. At lahat ng pagpapakasakit na ginagawa sa kapakanan ng Kaniyang ministeryo ay gagantihan nang alinsunod sa "dakilang kayamanan ng Kaniyang biyaya." Efeso 3:20; 2:7.

Noong mapanglaw na gabing yaon sa dagat, nang sila'y nakahiwalay kay Kristo, ang mga alagad ay sakbibi ng pag-aalinlangan, at pagal na pagal sa bigong pangingisda. Nguni't nang Siya'y pakita sa harap nila ay nagsauli ang kanilang pananampalataya, at iyon ay nagdulot sa kanila ng kagalakan at tagumpay. Gayundin naman ang nangyayari sa atin; kung tayo'y hiwalay kay Kristo, ay walang ibinubunga ang ating paggawa, at madali sa atin ang mag-alinlangan at bumulung-bulong. Nguni't pagka Siya'y malapit, at tayo'y gumagawa sa ilalim ng Kaniyang pamamahala, ay ikinatutuwa nating makita ang katunayan ng Kaniyang kapangyarihan. Gawain ni Satanas na papanghinain ang loob ng tao; gawain naman ni Kristo na pasiglahin ang pananampalataya at pag-asa.

Ang malalim na aral na ibinigay ng himala sa mga alagad ay aral din naman sa atin—na Siya na ang salita ay nakapagtitipon ng mga isda mula sa dagat ay makaaantig din naman sa puso ng mga tao, at mahihikayat sila sa pamamagitan ng mga panali ng Kaniyang pag-ibig, upang ang Kaniyang mga lingkod ay maging "mga mamamalakaya ng mga tao."

Ang mga mamamalakayang yaon ng Galilea, ay mga taong aba
[331] at di-nakapag-aral; nguni't may labis na kakayahan si Kristo, na ilaw ng sanlibutan, na sila'y mapagindapat sa tungkuling pinili Niya para sa kanila. Hindi winalang-halaga ng Tagapagligtas ang natututuhan sa paaralan; dahil sa kung ang karunungang pinag-aralan ay napangangasiwaan ng pag-ibig sa Diyos, at itinatalaga sa paglilingkod sa Kaniya, ay ito'y nagiging isang pagpapala. Nguni't nilampasan Niya

ang mga lalaking pantas noong kapanahunan Niya, sapagka't sila ay labis na mapagtiwala sa sarili na anupa't sila'y hindi marunong makiramay sa naghihirap na sangkatauhan, at hindi maaaring maging mga kasamang manggagawa ni Kristo. Ang hinahanap ng Panginoon ay ang pakikipagtulungan niyaong mga di-makasasagabal sa pag-agos ng Kaniyang biyaya. Ang unang-unang dapat matutuhan ng lahat na nagnanais maging mga manggagawang kasama ng Diyos ay ang liksiyon ng di-pagtitiwala sa sarili; saka pa lamang sila mahahandang tumanggap ng likas ni Kristo. Ito'y hindi matatamo at matututuhan sa pamamagitan ng pag-aaral sa mga paaralan ng siyensiya. Ito'y bunga ng karunungang nakakamtan lamang sa Diyos na Tagapagturo.

Pinili ni Jesus ang mga di-nakapag-aral na mangingis-da dahil sa sila'y hindi naturuan ng mga sali't saling sabi at ng mga kaugalian ng kanilang kapanahunan. Sila'y mga taong may katutubong kakayahan, at sila'y mga mapagpakumbaba at napatuturo—mga taong matu-turuan Niya para sa Kaniyang gawain. Sa karaniwang lakad ng buhay ay may lalaking matiyagang gumagawa ng mahihirap na gawaing pang-araw-araw, na walang kamalay-malay na siya'y may natatagong mga kakayahan na, kung gagamitin lamang niya, ay maitatanyag siyang kapantay ng pinakamararangal na tao ng sanlibutan. Kinakailangan ang dampi o hipo ng isang dalubhasang ka-may upang magising ang natutulog na mga kakayahang yaon. Ang ganitong uri ng mga lalaki ang tinawag ni Jesus na maging mga kamanggagawa Niya; at ibinigay Niya sa kanila ang kalamangan na [332]
maging kasama-sama Niya. Ang mga dakilang tao ng sanlibutan ay di-kailan-man nagkaroon ng ganitong tagapagturo. Pagkatapos na ang mga alagad ay maturuan ng Tagapagligtas, ay hindi na sila mga walang-muwang at mga walang-kalinangan. Sila'y naging katulad Niya sa isip at sa likas, at napag-kilala ng mga tao na sila'y mga nakasama ni Jesus.

Ang kataas-taasang layunin ng pagtuturo ay hindi lamang ang maghatid ng karunungan, kundi ang magbigay rin naman ng lakas sa pag-iisip at sa kaluluwa sa pamamagitan ng pakikipag-ugnay sa kapwa isip at kapwa kaluluwa. Ang buhay lamang ang makalilikha ng kapwa buhay. Kay-inam nga ng karapatan nila, na sa loob ng tatlong taon ay naging kaugnay-ugnay nila araw-araw ang Banal na kabuhayang yaon na nagpadala ng lahat ng agos na nagbibigay-

buhay at nagpala sa sanlibutan! Sa lahat niyang nakasama, si Juan na pinakaiibig na alagad ay siyang lubos na napasakop sa kapangyarihan ng kahanga-hangang Buhay na yaon. Ang wika niya, "Ang buhay ay nahayag, at aming nakita, at pinatotohanan, at sa inyo'y aming ibinabalita ang buhay, ang buhay na walang-hanggan, na kasama ng Ama, at sa atin ay nahayag." "Sa Kaniyang kapuspusan ay nagsitanggap tayong lahat, at biyaya sa biyaya." 1 Juan 1:2; Juan 1:16.

Sa mga apostol ng ating Panginoon ay wala silang anumang maipagmamapuri. Maliwanag na nagtagumpay ang kanilang mga paggawa dahil lamang sa Diyos. Ang mga kabuhayan ng mga taong ito, ang mga naging likas nila, at mga makapangyarihang gawa na ginawa ng Diyos sa pamamagitan nila, ay isang patotoo sa kung ano ang magagawa Niya para sa lahat na mga patuturo at tatalima.

Ang umiibig kay Kristo ng pinakamalaking pag-ibig ay siyang makagagawa ng pinakamalaking kabutihan. Hindi mahahangganan o matatakdaan ang mga kabuti-hang magagawa ng isang taong isi-
[333] nasantabi ang kaniyang sarili, na nagbibigay ng lugar sa kaniyang puso upang makagawa ang Espiritu Santo, at namumuhay ng isang kabuhayang lubos na natatalaga sa Diyos. Kung titiisin ng mga tao ang disiplinang kinakailangan, na ditututol o di-manlulupaypay sa daan, ay tuturuan sila ng Diyos oras-oras, at araw-araw. Kinasasabikan Niyang ipakita ang Kaniyang biyaya. Kaya kung aalisin lamang ng Kaniyang bayan ang mga nakahahadlang, ay ibubuhos Niya nang masagana ang mga tubig ng kaligtasan sa mga taong daluyan. Kung ang mga karaniwang tao ay pinasisigla sa paggawa ng lahat na mabuting magagawa nila, at kung walang mga kamay na pipigil sa kanilang kasig-lahan, ay magkakaroon ng mga sandaang gagawa para kay Kristo sa lugar na doon ngayon ay may isa lamang.

Tinatanggap ng Diyos ang mga tao sa sadyang kalagayan nila, at tinuturuan sila sa sarili. Pagka tinang-gap ng tao sa puso niya ang Espiritu ng Diyos, ito ang bubuhay sa lahat niyang mga kakayahan. Ang isip na lubusang nakatalaga sa Diyos, pagka inaakay ng Espiritu Santo, ay lumulusog nang timbang, at lumalakas upang maunawaan at magampanan ang mga hinihingi ng Diyos. Ang likas na mahina at urung-sulong ay nababago at tumitibay at tumatatag. Ang patuloy na pagtatapat ay nagpapahigpit na lalo sa pagsasama ni Jesus at ng Kaniyang mga alagad na anupa't ang Kristiyano ay nagi-ging

katulad Niya sa isip at sa likas. Sa pamamagitan ng pagkakaugnay kay Kristo ay magkakaroon siya ng lalong malinaw at lalong malawak na mga kuru-kuro. Ang kaniyang pang-unawa ay magiging lalong nakatata-rok, at ang kaniyang paghatol ay magiging lalong timbang. Ang nasasabik na makapaglingkod kay Kristo ay lubhang kinakasihan at pinasisigla ng nagbibigay-buhay na kapangyarihan ng Araw ng Katwiran, na anupa't nakapagbubunga siya nang sagana sa ikaluluwalhati ng Diyos.

Ang mga taong may matataas na pinag-aralan sa mga sining [334]
at mga siyensiya ay nangatuto ng mahahalagang aral sa mga Kristiyanong nasa karaniwang antas ng buhay na itinuturing ng sanlibutan na di-nag-aral. Nguni't ang mga di-kilalang alagad na ito ay nagsipag-aral sa pinakamataas sa lahat na mga paaralan. Nagsiupo sila sa paanan Niya na nagsalitang gaya ng "kailanma'y walang
taong nagsalita ng gayon." [335]

## Kabanata 26—Sa Capernaum

Sa Capernaum nanirahan si Jesus sa pagitan ng Kaniyang mga pagyayao't dito sa iba't-ibang dako, at iyon ay nakilala sa tawag na "Kaniyang sariling bayan." Iyon ay nasa baybayin ng Dagat ng Galilea, at malapit sa mga hangganan ng magandang kapatagan ng Genesaret.

Ang kababaan ng dagat ay siyang nagbibigay sa kapatagang nakalatag sa mga baybayin ng kaaya-ayang klima ng timugan. Dito noong panahon ni Kristo ay nagya-yabungan ang mga punong palma at punong olibo; nari-rito noon ang mga kakahuyan at mga ubasan, ang mga luntiang kabukiran, at ang mga nagdirilagang bulaklak na namumukadkad nang buong kasaganaan, na pawang dinidilig ng mga buhay na agos na bumubukal sa tala-bisbis na kabatuhan ng kabundukan. Ang mga baybayin ng dagat, at ang mga burol na nakapalibot dito, ay pina-mumutiktikan ng mga bayan at mga nayon. Puno naman ang dagat ng mga bangkang pamalakaya. Sa lahat ng dako ay naghahari ang paggawa at ang daloy ng buhay.

Ang Capernaum ay sadyang angkop na angkop na maging sentro ng paggawa ng Tagapagligtas. Palibhasa ito'y nasa daang nagbubuhat sa Damaseo na patungong Jerusalem at Ehipto, at patungo pa ring Dagat ng Mediteraneo, kaya ito'y daanan ng maraming
[336] manlalakbay. Ang mga taong buhat sa maraming lupain ay dumadaan sa lunsod na ito, o kaya'y namamahinga dito sa kanilang mga pagyayao't dito. Dito makakatagpo ni Jesus ang lahat ng mga bansa at ang lahat ng mga uri ng tao, ang mayaman at dakila, ang maralita at mababa, at ang mga turo Niya ay madadala sa maraming iba pang mga bansa at mga sambahayan. Sa gayon ay mapagsisiyasat ang mga hula, ang pansin ay mapapatuon sa Tagapagligtas, at ang Kaniyang misyon ay maihaharap sa sanlibutan.

Bagama't nagkaroon na ng pasiya ang Sanedrin laban kay Jesus, gayunma'y sabik pa ring naghintay ang mga tao sa mangyayari sa Kaniyang misyon. Ang buong kalangitan ay sabik na nagmasid. Inihahanda noon ng mga anghel ang daan para sa Kaniyang ministeryo,

na kini-kilos ang puso ng mga tao, at hinihimok silang palapit sa Tagapagligtas.

Sa Capernaum ang anak na lalaki ng mahal na tao na pinagaling ni Kristo ay isang saksi sa Kaniyang kapangyarihan. At ang opisyal ng korte at ang kaniyang sambahayan ay masayang nagpatotoo sa kanilang pana-nampalataya. Nang mabalitang ang Guro ay dumating, ang buong siyudad ay nagsikilos. Dumagsa sa Kaniya ang karamihang mga tao. Nang dumating ang Sabado ay nagsiksikan ang mga tao sa sinagoga na anupa't napakarami ang hindi nangakapasok, at kinailangang magsiuwi.

Lahat ng nakarinig sa Tagapagligtas ay "nangagtaka sa Kaniyang aral: sapagka't may kapamahalaan sa Kaniyang salita." "Sila'y Kaniyang tinuruang tulad sa may kapamahalaan, at hindi gaya ng kanilang mga eskriba." Lukas 4:32; Mateo 7:29. Ang turo ng mga eskriba at ng mga matanda ay malamig at pormal, gaya ng aral na natututuhan sa pamamagitan ng plaka ng ponograpo na inuulit-ulit. Sa ganang kanila ay walang angking kapangyarihan ang salita ng Diyos. Sarili nilang mga pala-palagay at mga sali't saling sabi ang inihalili nila sa mga turo nito. Sa pinagkaugalian nilang paglilingkod
ay nagpanggap silang nagpapaliwanag ng kautusan, subali't ang [337]
totoo'y walang pagkasi ng Diyos na kumilos ng kanilang mga puso ni ng mga puso man ng mga nakikinig sa kanila.

Walang kinalaman si Jesus sa iba't ibang mga paksang pinagtatalunan ng mga Hudyo. Ang gawain Niya ay ipakilala ang katotohanan. Ang mga salita Niya ay nagsabog ng isang baha ng liwanag sa mga turo ng mga patriarka at mga propeta, at ang mga Kasulatan ay dumating sa mga tao na parang isang bagong pahayag buhat sa bibig ng Diyos. Di-kailanman nadama nang una ng mga nakikinig sa Kaniya ang gayong malalim na kahulugan sa salita ng Diyos.

Sinagupa ni Jesus ang mga tao sa sarili nilang batayan, na gaya ng isa na lubos na nakatatalos ng mga kagulumihanan nila. Pinaganda Niya ang katotohanan sa pamamagitan ng pagpapakilala rito sa pinakatiyak at pinakasimpleng paraan. Ang Kaniyang pananalita ay dalisay, malinis, at malinaw na gaya ng batis na umaagos. Ang Kaniyang tinig ay parang musika sa pandinig ng mga taong nabihasa sa nakasusuyang himig ng pagsasalita ng mga rabi. Nguni't bagaman simple ang Kaniyang pag-tuturo, nagsalita naman Siya na gaya ng isa na may kapangyarihan o kapamahalaan. Ang katangiang ito

ng Kaniyang pagtuturo ay siyang ikinaiba nito sa lahat ng iba. Kung magsalita ang mga rabi ay parang may alinlangan at nag-aatubili, na para bagang ang mga Kasulatan ay maaaring mangahulugan ng isang bagay o kaya'y ng kabaligtaran nito. Sa ganitong pangyayari ay lumalaki araw-araw ang mga alinlangan ng mga tao. Nguni't itinuro ni Jesus ang mga Kasulatan bilang may kapangya-rihang di-mapag-aalinlanganan. Anuman ang Kaniyang paksa, ay ipinangaral Niya iyon nang may kapangyari-han, na para bagang ang Kaniyang mga salita ay hindi matatalimuwang.

[338] Siya'y masigasig, nguni't hindi mapusok. Kung Siya'y magsalita ay tulad ng isang may tiyak na nilalayon. Inihaharap Niya sa paningin ng lahat ang mga katunayan ng walang-hanggang sanlibutan. Sa bawa't paksa ay ipinakilala ang Diyos. Sinikap ni Jesus na sirain ang pagkahaling ng mga tao sa mga bagay na makalupa. Inilagay Niya sa tumpak na kaayusan ang mga bagay ng buhay na ito, na pangalawa lamang sa mga bagay ng buhay na walang-hanggan; gayunma'y hindi Niya winalang-kabuluhan ang kahalagahan ng mga ito. Itinuro Niya na nagkakaugnay ang langit at ang lupa, at ang nakaalam ng katotohanan ng Diyos ay naghahanda sa mga tao na magampanan nila nang lalong mabuti ang mga tungkulin sa pang-araw-araw na kabuhayan. Nagsalita Siyang gaya ng isa na bihasa sa langit, palibhasa'y batid Niya ang Kaniyang pagkakaugnay sa Diyos, gayunma'y kinikilala naman Niya ang Kaniyang pagkakaugnay sa bawa't kaanib ng sangkatauhan.

Ang Kaniyang mga pabalita ng kaawaan ay iba't-iba upang ibagay sa Kaniyang mga tagapakinig. Alam Niya "kung paanong aaliwin ng mga salita siyang nanlulupay-pay" (Isaias 50:4); sapagka't ang biyaya ay ibinuhos sa Kaniyang mga labi, upang maihatid sa mga tao sa pina-kakaakit-akit na paraan ang mga kayamanan ng katoto-hanan. Marunong Siyang makiharap sa mga taong may mga likong isipan, at pinapagtaka Niya sila sa mga halimbawang umakit ng kanilang pansin. Sa pamamagitan ng paglalarawang likha ng isip ay naabot Niya ang puso ng tao. Ang mga halimbawa Niya ay hinango Niya sa mga bagay na karaniwan araw-araw, at bagama't simple ang mga ito, ay nagtataglay naman ang mga ito ng ka-hanga-hangang lalim ng kahulugan. Ang mga ibon sa himpapawid, ang mga liryo sa parang, ang binhi, ang pastor at ang mga tupa,—sa pamamagitan ng mga bagay na ito ay inilarawan ni Kristo ang

walang-kamatayang katotohanan; at pagkatapos buhat noon, nang makita ng mga nagsipakinig sa Kaniya ang mga bagay na ito ng [339] katalagahan, ay nagunita nila ang Kaniyang mga salita. Ang mga paglalarawan o mga halimbawa ni Kristo ay laging paulit-ulit na nagtuturo ng Kaniyang mga aral.

Di-kailanman nanghibo si Kristo ng mga tao. Di-kai-lanman Siya nagsalita niyaong mga ikapagyayabang ng kanilang mga guni-guni at mga imahinasyon, ni hindi Niya pinuri sila dahil sa kanilang mga tusong pakana; nguni't ang mga aral Niya ay tinanggap ng mga taim-tim na palaisip, at nasumpungan nilang iyon ay sumubok sa kanilang karunungan. Namangha sila sa magan-dang katotohanang espirituwal na ipinahayag sa pinakasimpleng salita. Ang mga may pinakamataas na pinag-aralan ay nagayuma ng Kaniyang mga salita, at ang mga di-nag-aral naman ay lagi nang nakinabang. May pabalita Siya' sa mga di-makabasa't di-makasulat; at na-gawa pa rin Niyang maipaunawa maging sa mga di-nakakakilala sa Diyos na Siya'y may pabalita para sa kanila.

Ang Kaniyang malumanay na kaawaan ay naging parang gamot na panlunas sa mga nanlulupaypay at naba-bagabag na kalooban. Maging Siya'y nasa gitna man ng nagngangalit na mga kaaway ay nakalukob pa rin sa Kaniya ang diwa ng kapayapaan. Ang kagan-dahan ng Kaniyang mukha, ang pagiging-kaibig-ibig ng Kaniyang likas, at higit sa lahat, ang pag-ibig na nahahayag sa Kaniyang mata at himig ng pagsasalita, ay siyang ikina-akit at ikinalapit sa Kaniya ng lahat na hindi pa nagu-gumon sa di-pagsampalataya. Kung hindi nga dahil sa matamis at madamaying espiritu na nahayag sa bawa't tingin at bawa't salita Niya, disin sana'y hindi Niya na-akit ang malaking karamihang yaon ng mga tao. Ang mga may kapansanang nagsilapit sa Kaniya ay nakadama na nakikiramay Siya sa kanila bi-lang isang tapat at mapag-mahal na kaibigan, kaya naman hinangad nilang maka-alam pa ng mga katotohanang Kaniyang ipinangaral. Ang langit ay ginawang malapit sa kanila. Minithi nilang manatili [340] sa Kaniyang harapan, upang patuloy na sumaka-nila ang umaaliw Niyang pag-ibig.

Taimtim na pinagmasdan ni Jesus ang pabagu-bagong anyo ng mga mukha ng mga nagsisipakinig sa Kaniya. Ang mga mukhang nagbabadha ng pagkawili at pagkalugod ay nagdulot sa Kaniya ng malaking kasiyahan. Nang tumimo sa kaluluwa ang mga palaso

ng katotoha-nan, at maglagusan sa mga hadlang na kasakiman, at gumawa ng pagsisisi, at katapus-tapusan ay ng pagpa-pasalamat, ang Tagapagligtas ay tunay na nagalak. Nang lisain ng Kaniyang paningin ang karamihang nangakikinig, at Kaniyarig makilala sa gitna ng mga ito ang mga mukhang nakita na Niya nang una, ay nagliwanag sa katuwaan ang Kaniyang mukha. Nakita Niya sa mga ito ang mga maaasahang pasasakop sa Kaniyang kaharian. NaAg ang katotohanang buong linaw Niyang sinalita ay tumama sa isang pinipintuhong diyus-diyusan, napansin Niya ang pagbabago ng mga mukha, ang malamig at na-kasimangot na anyo, na nagpahiwatig na ang liwanag ay di-tinatanggap. Nang makita Niyang ang mga tao ay tumatanggi sa pabalita ng kapayapaan, ay gayon na lamang ang pagdurugo ng Kaniyang puso.

Sinalita ni Jesus sa sinagoga ang tungkol sa kahariang itatatag Niya kaya Siya naparito, at ang tungkol sa Kaniyang layunin na palayain ang mga bihag ni Satanas. Bigla Siyang ginambala ng isang tiling nakatatakot. Isang baliw ang dumaluhong buhat sa gitna ng mga tao, na sumisigaw, "Pabayaan Mo kami; anong pakialam namin sa Iyo, Ikaw na Jesus na taga-Nazareth? Ikaw ba'y na-parito upang puksain kami? Nakikilala ko Ikaw kung sino Ka; ang Banal ng Diyos."

Bigla na ngayong nagkagulo at nagsigawan. Ang pansin ng mga tao ay naalis kay Kristo, at hindi pinansin ang mga sinasabi Niya. Ito ang layon ni Satanas kaya nito dinala sa sinagoga ang kaniyang biktima. Datapwa't sinaway ni Jesus ang demonyo, na sinasabi,
[341] "Tumahimik ka, at lumabas ka sa kaniya. At nang mailugmok na siya ng diyablo sa gitna nila, ay lumabas siya sa kaniya, at hindi siya sinaktan."

Ang isip ng kaawa-awang taong ito ay pinapagdilim ni Satanas, nguni't ang kadilimang iyan ay nilagusan ng isang sinag ng liwanag na buhat sa harapan ng Tagapagligtas. Nagpilit siyang magwala sa panunupil ni Satanas; datapwa't nilabanan ng demonyo ang kapangyarihan ni Kristo. Nang sikapin ng taong makiusap kay Jesus upang tulungan siya, ay inilagay ng masamang espiritu sa bibig niya ang ibang mga salita, at sumigaw siya na naghihirap sa takot. Bahagyang napag-unawa ng inaalihan ng demonyo na siya'y nasa harapan ng Isang makapagpa-palaya sa kaniya; subali't nang subukin niyang abutin ang makapangyarihang kamay na yaon, ay may iba namang

pumigil, at pangungusap ng iba ang nabigkas niya. Ang paglalaban ng kapangyarihan ni Satanas at ng sarili niyang hangaring makalaya ay kakila-kilabot.

Siya na gumapi kay Satanas sa ilang ng tukso ay muling napaharap nang mukhaan sa Kaniyang kaaway. Iniubos ng demonyo ang buo niyang kapangyarihan upang mapanatili niyang supil ang kaniyang biktima. Ang pagkatalo niya rito ay nangangahulugang pagbibigay ng tagumpay kay Jesus. Wari manding mamamatay ang lalaking pinahihirapan sa pakikipaglaban sa kaaway na sumira ng pagkatao nito. Nguni't nagsalitang may kapangyarihan ang Tagapagligtas, at pinalaya ang bihag. Ang lalaking dati'y inaalihan ng masamang espiritu ay tumindig sa harap ng nagtatakang karamihan na maligaya sa kaniyang pagkakalaya. Pati diyablo ay nagpato-too sa banal na kapangyarihan ng Tagapagligtas.

Pinuri ng lalaki ang Diyos dahil sa pagkakaligtas sa kaniya. Ang mga matang dati'y nagsisipanlisik sa apoy ng pagkabaliw, ay kumikislap na ngayon sa angking matinong kaisipan, at binabalungan ng mga luha ng pasasalamat. Natigilan ang mga tao sa panggigilalas. Nang sila'y karaka-rakang pagsaulian ng diwa, ay napabulalas sila [342]
sa isa't isa, "Ano kaya ito? isang bagong aral yata! may kapamahalaang nag-uutos Siya pati sa mga karumal-du-mal na espiritu, at Siya'y tinatalima nila." Marcos 1:27.

Ang lihim na dahilan ng pagkakasakit na siyang naging sanhi naman upang ang lalaking ito ay maging isang nakatatakot na panoorin sa kaniyang mga kaibigan at maging isang pasanin sa kaniyang sarili ay ang kaniya na ring buhay. Nabighani siya ng mga kaligayahang dulot ng kasalanan, at binalak niyang ang buhay ay gawing isang malaking pistahan. Ni sa pangarap ay hindi niya inakalang siya'y katatakutan ng sanlibutan at magiging kapulaan sa kaniyang sambahayan. Ang akala niya'y magugugol niya ang kaniyang panahon sa pagsasaya. Subali't nang siya'y mapababa na ng landas, bumilis na sa paglusong ang kaniyang mga paa. Kawalang-pagpipigil at kaparakan ang sumira sa mararangal na katangian ng kaniyang likas, at lubusan siyang nasupil at napagharian ni Satanas.

Ang pagsisisi ay dumating nang totoong huli. Nang naisin na niyang gugulin ang kayamanan at iwan ang kalayawan upang matamong muli ang nawala niyang marangal na pagkatao, ay naging parang laruan na lamang siya sa kamay ng diyablo. Inilagay na

niya ang kaniyang sarili sa lugar ng kaaway, at sinaklaw naman ni Satanas ang buo niyang pag-iisip. Inakit siya ng manunukso sa pamamagitan ng maraming nakahahalinang mga alok; nguni't nang mapasakamay na siya nito, ang halimaw ay naging walang-awa sa kaniyang kalupitan, at naging mabangis sa kaniyang galit na mga pagdalaw. Magiging gayundin naman sa lahat ng mga susuko o padadaig sa masama; ang mga unang pagpapasasa sa kalayawan ay humahantong sa kadiliman ng kawalang-pag-asa o sa pagkabaliw ng isang iginupong kaluluwa.

Ang masamang espiritu ring iyon na tumukso kay Kristo sa ilang,
[343] at umali sa lalaking taga-Capernaum, ay siyang nagpuno at naghari sa di-sumasampalatayang mga Hudyo. Nguni't sa kanila naman ay gumamit siya ng damit ng kabanalan, na pinagsisikapang dayain sila tungkol sa mga adhikain nila sa pagtanggi sa Tagapagligtas. Ang kanilang kalagayan ay lalo pang walang-pag-asa kaysa inaalihan ng demonyo, sapagka't hindi nila nadamang kailangan nila si Kristo at kaya nga mahigpit silang sumailalim sa kapangyarihan ni Satanas.

Ang panahon ng sarilinang paglilingkod ni Kristo sa mga tao ay siya namang panahon ng pinakamalaking pag-kilos ng mga puwersa ng kaharian ng kadiliman. Sa buong mga panahon ay pinagsisikapan ni Satanas at ng kaniyang masasamang anghel na mapagharian ang mga katawan at mga kaluluwa ng mga tao, upang dalhin sa kanila ang kasalanan at kahirapan; pagkatapos ay ipinaratang niya sa Diyos ang lahat ng kahirapang ito. Inihahayag ni Jesus sa mga tao ang likas ng Diyos. Sini-sira Niya ang kapangyarihan ni Satanas, at pinawawalan ang mga bihag nito. Bagong buhay at pag-ibig at ka-pangyarihang buhat sa langit ang kumilos sa puso ng mga tao, at nagising ang prinsipe ng kasamaan upang ipakipaglaban ang pangingibabaw ng kaniyang kaharian. Pinisan ni Satanas ang buo niyang puwersa, at sa bawa't hakbang ay nilabanan ang paggawa ni Kristo.

Ganyan din ang mangyayari sa huling malaking tunggalian ng katwiran at ng kasalanan. Habang lumalapag sa mga alagad ni Kristo buhat sa itaas ang bagong buhay at liwanag at kapangyarihan, isa rin namang bagong buhay ang sumisibol buhat sa ibaba, at pinalalakas ang mga kinakasangkapan ni Satanas. Karubduban ang naghahari sa bawa't bagay na makalupa. Sa pamamagitan ng katusuhang natutuhan sa buong panahon ng pakikilaban, ay gumagawa ang

prinsipe ng kasamaan sa ilalim ng isang balatkayo. "Napakikita siyang nararamtang gaya ng isang anghel ng kaliwanagan, at marami ang 'mangakikinig sa mga espiritung mapanghikayat, at sa mga aral [344]
ng mga demonyo." 1 Timoteo 4:1.

Noong mga kaarawan ni Kristo ang mga pinuno at mga guro ng Israel ay walang kalakas-lakas na lumaban sa gawain ni Satanas. Kinaliligtaan nila ang tanging paraan na sa pamamagitan niyon ay malalabanan nila ang masasamang espiritu. Sa pamamagitan ng salita ng Diyos nagapi ni Kristo ang diyablo. Nagpanggap ang mga lider ng Israel na sila ang mga tagapagpaliwanag ng salita ng Diyos, subali't pinag-aralan lamang nila ang salitang ito upang maitaguyod ang kanilang mga sali't saling sabi, at maipatupad ang mga utos o mga palatuntunan nila na gawang-tao. Ang kanilang mga paliwanag ay nagbigay ng mga isipang di-kailanman ipinaloob doon ng Diyos. Ang kanilang mahiwagang pagpapaliwanag ay nagpalabo sa bagay na malinaw Niyang ipinaliwanag. Pinagtalunan nila ang maliliit na bagay na di-mahalaga, at sa ganitong paraa'y para na rin nilang tinanggihan ang lalong mahahalagang katotohanan. Kaya nga ito ang naghasik ng kawalang-paniniwala sa mga tao. Ninakawan ang salita ng Diyos ng angking kapangyarihan nito, at ginawa ng masasamang espiritu ang bala nilang maibigan.

Nauulit ang kasaysayan. Ang marami sa mga lider ng relihiyon sa ating kapanahunan, bagama't lagi nilang binubuklat ang Bibliya, at nagpapanggap na gumagalang sa mga itinuturo nito, ay sinisira ang paniniwala rito bilang siyang salita ng Diyos. Lagi silang nag-aabala sa pagsuri sa kaliit-liitang bagay ng salita, at itinatanyag ang sarili nilang mga kuru-kuro nang mataas pa kaysa pinakamaliliwanag na ipinahahayag nito. Sa kanilang mga kamay ay nawawala o naaalis ang nagbibigay-buhay na kapangyarihan ng salita ng Diyos. Ito ang dahilan kaya lipana ang di-paniniwala at malago ang katampalasanan.

Pagka naigiba na ni Satanas ang paniniwala sa Bibliya, ibinabaling naman niya ang mga tao sa ibang mga bagay na mapagkukunan [345]
nila ng liwanag at kapangyari-han. Sa ganitong paraan ipinapasok niya ang kaniyang sarili. Ang mga tumatalikod o humihiwalay sa malinaw na turo ng Kasulatan at sa sumusumbat na kapangyari-han ng Banal na Espiritu ng Diyos, ay nag-aanyaya at pumapailalim sa kapangyarihan ng mga demonyo. Ang panunuligsa at sariling pala-

palagay tungkol sa mga Kasulatan ay siyang nagbukas ng daan upang makapasok ang espiritismo at ang teosopiya—mga makabagong anyo o porma ng matandang paganismo—sa loob ng mga nag-papanggap na iglesya ng ating Panginoong Jesu-kristo.

Kasama-sama ng gawaing pangangaral ng ebanghelyo, ay gumagawa rin ang mga sangay o mga taong kung tawagin ay mga mediyum ng mga magdarayang espiritu. Hindi iilan ang mga taong nahihila dito dahil lamang sa pagnanasang mag-usisa o manood, nguni't palibhasa'y na-kikita nilang gumagawa ang isang kapangyarihang higit kaysa kapangyarihan ng tao, kaya sila'y nalululong nang nalululong sa pagkaakit, hanggang sa sila'y masupil ng isang kapangyarihang higit na malakas kaysa kanila. Sa ganito'y hindi nila makayang takasan ang mahiwagang kapangyarihan nito.

Naigigiba ang mga pananggalang ng kaluluwa. Nawawala ang panlaban sa kasalanan. Pagka tinanggihan na ng tao ang mga pagsansala ng salita ng Diyos at ng Kaniyang Espiritu, ay walang makapagsasabi kung gaano kalalim ang kalulubugan niyang pagkariwara. Maaaring maging bihag siya ng lihim na kasalanan o ng pinapanginoong pita ng damdamin na anupa't wala siyang magawang gaya ng inalihan ng demonyo sa Capemaum. Nguni't ganito man ang kaniyang kalagayan ay mayroon pa rin siyang pag-asa.

Ang paraan upang makapanagumpay tayo sa masama ay sa pamamagitan ng paraang ipinagtagumpay ni Kristo—walang iba kundi ang kapangyarihan ng salita. Hindi kinokontrol ng Diyos ang
[346] ating pag-iisip kung hindi tayo sang-ayon; nguni't kung nais nating makilala at magawa ang Kaniyang kalooban, ay maaangkin natin ang Kaniyang mga pangako: "Inyong makikilala ang katotohanan, at ang katotohana'y magpapalaya sa inyo." "Kung ang sinumang tao ay nag-iibig gumawa ng Kaniyang kalo-oban, ay makikilala niya ang turo." Juan 8:32; 7:17. Sa pamamagitan ng pagsampalataya sa mga pangakong ito, ay maliligtas ang sinumang tao sa mga silo ng kamalian at sa pagsupil ng kasalanan.

Bawa't tao ay malayang makapamimili kung anong kapangyarihan ang ibig niyang maghari sa kaniya. Walang napakaaba, at walang napakahamak, na hindi maililigtas ni Kristo. Sa halip na panalangin, ay mga salita ni Satanas ang nagawang bigkasin ng inaalihan ng demonyo; gayunpaman ang di-mabigkas na pamanhik ng kaniyang puso ay dininig. Walang daing ng taong nanga-ngailan-

gan na hindi diringgin, kahit hindi ito masabi sa salita. Yaong mga magkukusang makipagtipan sa Diyos ng langit ay hindi tutulutang mapasakapangyarihan ni Satanas o masupil man ng kahinaan ng kanilang sariling likas. Sila'y inaanyayahan ng Tagapagligtas, "Manghawak sana siya sa Aking lakas, upang siya'y makipagpayapaan sa Akin; oo, makipagpayapaan siya sa Akin." Isaias 27:5. Ang mga espiritu ng kadiliman ay mahigpit na makiki-laban para sa kaluluwang minsan nang nasakop nila, datapwa't makikipagbaka naman para sa kaluluwang yaon ang mga anghel ng Diyos na taglay ang mapagtagumpay na kapangyarihan. Sinasabi ng Panginoon, "Makukuha baga ang huli sa makapangyarihan, o maliligtas ang mga talagang nabihag? ... Ganito ang sabi ng Panginoon, Pati ng mga bihag ng makapangyarihan ay kukunin, at ang huli ng kakilakilabot ay maliligtas: sapagka't Ako'y makikipaglaban sa kaniya na nakikipaglaban sa iyo, at Aking ililigtas ang iyong mga anak." Isaias 49:24, 25.

Samantalang ang mga taong nagkakatipon sa sinagoga ay nangatitigilan pa sa pagkakamangha, si Jesus naman ay nagtungo sa [347] tahanan ni Pedro upang sandaling mamahinga. Nguni't dito man ay pumasok din ang kalungkutan. Ang biyenang babae ni Pedro ay nakahigang mayroong sakit na "matinding lagnat." Sinaway ni Jesus ang sakit, at ang maysakit ay bumangon, at naglingkod sa mga pangangailangan ng Panginoon at ng Kaniyang mga alagad.

Ang balita tungkol sa mga ginagawa ni Kristo ay mabilis na kumalat sa buong Capernaum. Ang mga tao'y ayaw mangahas na magpagamot kung araw ng Sabado, dahil sa takot sa mga rabi; nguni't karaka-rakang lumubog ang araw ay dumagsa nang nagkakagulo ang marami. Mula sa mga bahay, sa mga gawaan, at sa mga pamilihan, ay dumagsang patungo sa abang tahanang tinutuluyan ni Jesus ang mga mamamayan ng lungsod. Ang mga maysakit ay dinalang pasan-pasan sa mga higaan, may mga dumating na nangakatungkod, o kaya'y inaalalayan ng mga kaibigan, at sila'y pahapay-hapay sa kahinaang lumapit sa harapan ng Tagapagligtas.

Oras-oras ay may dumarating at may umaalis; sapagka't walang makapagsasabi kung bukas ay naroon pa ang Manggagamot. Dikailanman nakakita nang una ng ganitong araw sa Capernaum. Ang hangin ay puno ng tinig pagtatagumpay at ng mga sigaw ng pagkaligtas. Ang tagapagligtas ay galak na galak sa katuwaang naidulot Niya.

Nang mamasdan Niya ang mga maysakit na lumapit sa Kaniya, ay naantig ang Kaniyang puso sa pakikiramay, at ikinagalak Niyang Siya'y may kapang-yarihan upang sila'y pagalingin at maibalik sa dating kalusugan at kaligayahan.

Hindi tumigil si Jesus sa Kaniyang paggawa hanggang sa kahuli-hulihang maysakit ay nalunasan. Malalim na ang gabi nang magsialis ang karamihan, at minsan pang naghari ang katahimikan sa tahanan ni Simon. Lumipas na ang mahabang maghapon ng paggawa, at kinailangan ni Jesus na mamahinga. Datapwa't samantalang
[348] ang lungsod ay nagugupiling pa sa mahimbing na pagkakatulog, ang Tagapagligtas ay "bumangon nang matagal pa bago mag-umaga, ... at lumabas, at nagtungo sa isang ilang na pook, at doo'y nanalangin."

Sa ganitong paraan ginugol ni Jesus ang mga araw sa buhay Niya sa lupa. Madalas ay pinauuwi Niya ang Kaniyang mga alagad upang dumalaw sa kani-kanilang mga tahanan at magpahinga; nguni't Siya naman ay banayad na tumatangging huminto sa paggawa. Maghapunan Siyang gumagawa, na nagtuturo sa mga walangnalalaman, nagpapagaling ng mga maysakit, nagpapadilat sa mga bulag, nagpapakain sa marami; at pagka nagtatakip-silim na o kaya'y nagmamadaling-araw na, Siya'y nagtutungo sa santuwaryo ng kabundukan upang maki-pag-usap sa Kaniyang Ama. Kadalasa'y minamagdamag Siya sa pananalangin at pagbubulay-bulay, at sa pagbubukang-liwayway ay bumabalik Siya sa Kaniyang gawain sa gitna ng mga tao.

Pagkaumagang-umaga ay lumapit kay Jesus si Pedro at ang mga kasama nito, at sinabing hinahanap na Siya ng mga tao sa Capernaum. Buong kapaitang nabigo ang mga alagad sa ginawang pagtanggap ng mga tao kay Kristo hanggang sa panahong yaon. Ang mga maykapang-yarihan sa Jerusalem ay nagbabantang Siya'y patayin; pati ng sarili Niyang mga kababayan ay nagtangkang kitlin ang Kaniyang buhay; nguni't sa Capernaum ay tinanggap Siyang buong tuwa't kasiglahan, at dahil dito'y muling nabuhay ang pag-asa ng mga alagad. Baka sakaling sa gitna ng mga taga-Galileang mapagmahal-sa-kala-yaan ay makasumpong ng mga magtataguyod sa bagong kaharian. Datapwa't sila'y nangamangha nang marinig nila ang sinabi ni Kristong, "Dapat Ko rin namang ipangaral ang kaharian ng Diyos sa ibang mga bayan, sapagka't iyon ang dahil kaya Ako isinugo."

Sa malaking pagsasaya't pagkakatuwaang naghari sa Capernaum, ay may panganib na makaligtaan ang pakay ng Kaniyang [349] misyon. Hindi ikinasiya ni Jesus na mapatuon sa Kaniya ang pansin ng mga tao bilang Siya'y isang manggagawa ng mga himala o kaya'y isang mang-gagamot ng mga sakit. Pinagsisik'apan Niyang maakit sa Kaniya ang mga tao bilang siya nilang Tagapagligtas. Samantalang sabik ang mga tao na maniwalang Siya'y naparito bilang isang hari, upang itatag ang isang kaharian sa lupa, sa ganang Kaniya naman ay hinangad Niyang maalis sa kanilang mga pag-iisip ang mga bagay na makalupa at malipat sa mga bagay na espirituwal. Ang tagumpay na makasanlibutan ay makasasagabal sa Kaniyang gawain.

Ang pagkakamangha ng karamihan ay nakagimbal sa Kaniyang diwa. Sa Kaniyang buhay ay walang naka-langkap na pagtataas-ng-sarili. Ang pagsambang iniuukol ng sanlibutan sa katungkulan, o sa kayamanan, o sa talento, ay hindi natagpuan sa Anak ng tao. Si Jesus ay walang ginamit na isa man sa mga paraang ginaga-mit ng mga tao sa ngayon upang matamo ang pagkatig o paghanga ng marami. Mga dantaon pa bago Siya isilang, ay ganito ang inihula tungkol sa Kaniya, "Siya'y hindi hihiyaw, o maglalakas man ng tinig, o iparirinig man ang Kaniyang tinig sa lansangan. Ang gapok na tambo ay hindi Niya babaliin, ni ang tisim na umuusok ay hindi Niya papatayin: Siya'y maglalapat ng kahatulan sa katotohanan. Siya'y hindi manlulupaypay o madudu-wag man, hanggang sa maitatag Niya ang kahatulan sa lupa." Isaias 42:2-4.

Sinikap ng mga Pariseong maipakilala ang kanilang pagkakaiba sa pamamagitan ng kanilang labis-labis na pagtalima sa mga seremonya, at sa gilas ng kanilang pagsamba at mga pagkakawanggawa. Pinatutunayan nilang sila'y masikap sa relihiyon sa pamamagitan ng lagi nang pag-uusap at pagtatalo tungkol sa paksang ito. Ang mga pagtatalo ng mga naglalabang sekta ay matagal at maingay, at karaniwang-karaniwan nang marinig sa mga lansangan ang galit na [350] tinig ng mga nagtatalong dalubhasa sa kautusan.

Katuwas na katuwas ng lahat nang ito ay ang buhay ni Jesus. Sa buhay Niya ay walang maingay na pakiki-pagtalo, walang pakitang-taong pagsamba, walang gawang naghihintay ng papuri. Ang Kristo ay natago sa Diyos, at ang Diyos ay nahayag sa likas ng Kaniyang

Anak. Sa ganitong pagpapahayag ninais ni Jesus na mapatuon ang isip ng mga tao, at iukol ang kanilang pagsamba.

Ang Araw ng Katwiran ay hindi nagpakahayag sa sanlibutan nang nagliliwanag sa kaningningan, upang silawin ng Kaniyang kaluwalhatian ang mga diwa ng tao. Nasusulat tungkol kay Kristo, "Ang Kaniyang paglabas ay tunay na parang umaga." Oseas 6:3. Matahimik at mabanayad na dumarating sa lupa ang umaga, na hinahawi ang lambong ng kadiliman, at ginigising ang buhay ng sanlibutan. Ganyan din sumikat ang Araw ng Katwiran, "na may
[351] kagalingan sa Kaniyang mga pakpak." Malakias 4:2.

# Kabanata 27—“Maaaring Malinis Mo Ako”

Ang kabanatang ito ay batay sa Mateo 8:2-4; 9:1-8, 32-34; Marcos 1:1:40-45; 2:1-12; Lukas 5:12-28.

Sa lahat ng mga sakit na nakikilala sa Silangan ay ang ketong ang lubhang kinatatakutan. Ang uri nitong di-napapagagaling at nakakahawa, at ang nakapangi-ngilabot na nagagawa nito sa dinadapuan, ay lumilipos ng sindak maging sa pinakamatapang na tao. Sa ganang mga Hudyo ay itinuturing itong isang parusa ng Diyos dahil sa kasalanan, kaya nga tinawag itong “hampas” o “daliri ng Diyos.” Palibhasa’y lumalalim, di-naghihilom, at nakamamatay, tinitingnan itong parang sagisag ng kasalanan. Sa kautusang rituwal, ang ketongin ay ipina-hahayag na marumi. Katulad ng isang taong patay na, siya’y inilalabas sa mga tahanan ng mga tao. Anumang mahipo niya ay marumi. Pati hangin ay nadurumhan ng kanyang hininga. Ang taong napaghihinalaang nagtataglay ng sakit na ito ay kailangang pakita sa mga saserdote, na siyang sisiyasat sa kaniya at magpapasiya kung siya nga’y may karamdaman. Kung sabihin nilang siya’y isang ketongin, siya’y inihihiwalay sa kaniyang sambahayan, hindi isinasama sa kapulungan ng Israel, at palagian nang isinasama sa mga taong may gayunding sakit. Ang kautusang ito ay hindi nababali at walang kinikilingan. Kahit mga hari at mga pinunong-bayan ay hindi itinatangi. Ang isang haring dinapuan ng kakila- kilabot na [352]
sakit na ito ay kailangang bitiwan ang kaniyang setro, at humiwalay sa lipunan.

Sa paghiwalay sa kaniyang mga kaibigan at mga ka-mag-anak, dapat batahin ng ketongin ang kasumpa-sumpa niyang karamdaman. Siya na rin ang magsasabing siya’y may ketong, at pupunitin niya ang kaniyang mga damit, at ibabando ang babala, na ang lahat ay dapat lumayo sa kaniya dahil sa siya’y nakakahawa. Ang sigaw na, “Marumi! marumi!” na kalunus-lunos na inihihiyaw ng nangungulilang takwil ng lipunan, ay isang hudyat na pinakikinggang may pagkatakot at pandidiri ng bawa’t nakakarinig.

Sa pook na pinaglingkuran ni Kristo ay marami ang maysakit ng ganito, at nang sumapit sa kanila ang balita ng Kaniyang mga ginagawa, ay nabuhay ang aandap-andap nilang pag-asa. Nguni't buhat nang mga araw ni Eliseo na propeta, ay wala ng sakit na ito. Hindi nga nila inasahang gagawin ni Jesus sa kanila ang hindi pa Niya kailanman ginagawa sa kaninuman. Gayon pa man ay may isang sinibulan sa puso ng pananampalataya. Datapwa't hindi niya alam kung paano makalalapit kay Jesus. Palibhasa'y isa siyang itinatakwil ng kaniyang mga kapwa tao, ay paano kaya siya makahaharap sa Manggagamot? At itinatanong niya sa kaniyang sarili kung pagagalingin naman-kaya siya ni Kristo. Magpapakaaba kaya Ito na pagkakaabalahang pansinin ang isang gaya niya na itinuturing na pinarurusahan ng Diyos? Hindi kaya Ito, gaya ng mga Pariseo, at ng iba pang mga manggagamot, na susumpain siya, at pagbabawalan siyang makihalo sa mga tao? Inisip-isip niya ang lahat ng mga nabalitaan niya tungkol kay Jesus. At alam niya na isa man sa mga lumapit na humingi ng tulong Dito ay hindi Nito tinanggihan. Ipinasiya ng lalaking hanapin ang Tagapag-ligtas. Bagama't siya'y pinagsarhan ng mga daang pa-pasok sa mga siyudad, inakala niyang
[353] maaari namang magkakurus ang landas nila ni Jesus sa mga daan ng kabundukan, o kaya'y maaari namang makita niya Ito sa pagtuturo Nito sa labas ng mga bayan-bayan. Alam niyang mahihirapan siyang lubha, subali't ito lamang ang kaniyang pag-asa.

May naghatid sa ketongin sa harap ng Tagapagligtas. Nagtuturo noon si Jesus sa tabi ng dagat, at nagkakatipon ang mga tao sa palibot Niya. Sa pagkakatayo ng ketongin sa malayo, ay narinig niya ang ilan sa mga salitang binigkas ng Tagapagligtas. Nakita niyang ipina-patong ni Jesus ang Kaniyang mga kamay sa mga may-sakit. Nakita niya ang mga pilay, ang mga bulag, ang mga paralitiko, at ang mga naghihingalo na sa iba't ibang mga sakit na nagsisibangong malalakas at malu-lusog, na nagsisipagpuri sa Diyos dahil sa pagkakapag-pagaling sa kanila. Lumakas ang pananampalatayang nasa kaniyang puso. Siya'y lumapit nang lumapit sa nagkakatipong karamihan. Nalimutan niya ang mga ipinag-babawal sa kaniya, ang kaligtasan ng mga tao na baka mahawa sa kaniya, at ang pangingilag na iniuukol sa kaniya ng lahat na mga tao. Ang naiisip lamang niya ay ang pinagpalang pag-asa ng kaniyang paggaling.

Siya'y nakapandidiring masdan. Lubhang malala na ang kaniyang sakit, at ang nabubulok niyang katawan ay nakapangingilabot tingnan. Pagkakita sa kaniya ng mga tao ay nangapaurong ang mga ito dahil sa takot. Nagtu-lakan silang paurong sa isa't isa sa malaking pagnanais na huwag mapalapit sa kaniya. May ilang nagsikap na humadlang sa kaniya sa kaniyang paglapit kay Jesus, nguni't nabigo. Hindi niya tinitingnan ni pinakikinggan man sila. Ang mga salita ng pandidiri nila sa kaniya ay hindi niya pansin. Ang nakikita lamang niya ay ang Anak ng Diyos. Ang naririnig lamang niya ay ang tinig na nagsasalita ng buhay sa mamamatay. Patuloy siyang lumapit kay Jesus, at pagsapit sa harapan Nito ay nagpatirapa siya sa paanan Nito na sumisigaw, "Panginoon, kung ibig Mo, ay maaaring malinis Mo ako" [354]

Sumagot si Jesus, "Ibig Ko; luminis ka," at ipinatong Niya sa [355]
kaniya ang Kaniyang kamay. Mateo 8:3.

Karaka-rakang may nangyaring pagbabago sa ketongin. Lumusog ang kaniyang kalamnan. Ang magaspang at nangangaliskis na balat ay naparam, at ang humalili ay ang malambot at parang sutlang balat ng isang malusog na bata.

Pinagbilinan ni Jesus ang lalaki na huwag ipagma-kaingay ang ginawa sa kaniya, kundi kagyat siyang pumaroon sa templo na taglay ang isang handog. Ang gayong handog ay hindi muna matatanggap hanggang hindi nasisiyasat ng mga saserdote ang lalaki at naipapahayag na siya'y lubusan nang magaling. At hindi man nila tanggapin ang handog, hindi rin nila maiiwasan ang pagsisiyasat at ang pagpapasiya sa kaso.

Ang pangungusap ng Kasuiatan ay nagpapakilalang mahigpit ang bilin ni Kristo sa lalaki na ito'y manahimik at sumunod kaagad. "Siya'y Kaniyang pinagbilinang mahigpit, at pinaalis siya pagdaka; at sinabi sa kaniya, Ingatan mong huwag sabihin sa kaninuman ang anuman: kundi yumaon ka, at pakita ka sa saserdote, at maghan-dog ka sa pagkalinis sa iyo ng mga bagay na ipinag-utos ni Moises, na bilang isang patotoo sa kanila." Kung napag-alaman lamang ng mga saserdote ang mga pangya-yari tungkol sa paggaling ng ketongin, ang pagkagalit nila kay Kristo ay humantong sana sa paggagawad nila ng isang di-matapat na kapasiyahan. Ibig ni Jesus na ang lalaki ay pakita kaagad sa templo bago umabot sa mga saserdote ang balita tungkol sa kababalaghan. Sa ganito'y maibibigay nila ang

pasiya nang buong katapa-tan, at ang lalaking ketongin naman ay mapahihintulutang makipisang minsan pa sa kaniyang sambahayan at mga kaibigan.

May iba pang mga dahilan o mga layunin kung bakit ipinagbilin ni Kristo sa lalaki na huwag magsalita kani-numan. Talastas
[356] ng Tagapagligtas na hindi tumitigil ang Kaniyang mga kaaway sa pagsisikap na mahangga-nan ang Kaniyang gawain, at mapatalikod o maihiwalay sa kaniya ang bayan. Alam Niya na kung kakalat ang balitang pinagaling Niya ang lalaking ketongin, ang iba pang may ganitong kakila-kilabot na karamdaman ay magdadagsaan sa Kaniya, at sa gayo'y isisigaw ng Kaniyang mga kaaway na ang mga tao ay mahahawa sa mga maysakit na ito. Marami rin naman sa mga ketongin ang hindi gagamit ng kanilang bagong tinanggap na kalusugan upang maging pagpapala ito sa kanilang mga sarili o sa mga iba. At kung palalapitin Niya sa Kaniya ang mga tao, ay bibigyan Niya ng pagkakataon ang sakdal o paratang Iaban sa Kaniya na nilalabag Niya ang mga ipinagbabawal ng kautusang rituwal. Sa ganitong paraan ay mahahadlangan ang Kaniyang gawain sa pangangaral ng ebanghelyo.

Ipinakikilala ng pangyayari na tama ang babala o ibinilin ni Kristo. Maraming tao ang nakasaksi sa pag-papagaling sa ketongin, at kinasabikan nilang maalaman ang magiging kapasiyahan ng mga saserdote. Nang umuwi ang lalaki sa kaniyang mga kasamahan, nagkaroon ng malaking paggigilalas. At sa kabila ng mahigpit na bilin ni Jesus, wala namang magawa ang Ialaki upang mailihim ang katotohanan tungkol sa kaniyang paggaling. Kung sabagay ay sadyang hindi maililihim ito, gayunma'y ibinalita ng ketongin ang bagay na ito. Inakala niyang marahil ay dahil lamang sa pagkamapagpakumbaba ni Jesus kaya siya pinagbilinan ng gayon, kaya nga naglibot siya na itinatanyag ang kapangyarihan ng Dakilang Manggagamot. Hindi niya napag-unawa na ang bawa't gayong pagpapamalas ng gawang kababaiaghan ay lalo lamang nagpapasidhi sa kapasiyahan ng mga saserdote at mga matanda na maipahamak si Jesus. Nadama ng taong pinagaling na ang ipinagkaloob sa kaniyang biyaya ng kalusugan ay napakahalaga. Ikinaligaya niya ang pag-
[357] kakaroon ng lakas ng pagkalalaki, at ang pagkakabalik niya sa piling ng kaniyang sambahayan at ng lipunan, at nadama niyang hindi niya mapipigilan ang sarili sa pagpuri at pagluwalhati sa Manggagamot

na nagpagaling sa kaniya. Datapwa't ang ginawa niyang pagtatanyag sa lahat ng bagay na iyon ay humantong sa pagkakaroon ng hadlang sa gawain ng Tagapagligtas. Ito ang naging dahilan upang Siya'y dagsaan ng totoong maraming tao na anupa't napilitang tumigil sa isang panahon sa Kaniyang mga paggawa.

Bawa't gawa ni Kristo sa Kaniyang ministeryo ay may malawak na kahulugan. Ito'y mapag-uunawang higit pa kaysa talagang nakikita. Gayon ang nangyari sa ketongin. Bagama't pinaglingkuran ni Jesus ang lahat na lumapit sa Kaniya, kinasasabikan din naman Niyang pagpalain yaong mga hindi lumapit. Bagama't napalapit Niya ang mga maniningil ng buwis, ang mga taga-ibang bansa, at ang mga Samaritano, kinasabikan din naman Niyang maabot ang mga saserdote at mga guro na ang ikinala-layo ng loob sa Kaniya ay ang pagkikimkim ng maling pagkakilala at panghahawak sa mga sali't saling sabi. Sinubok Niya ang lahat ng paraan upang sila'y malapi-tan. At nang atasan Niyang pakita sa mga saserdote ang pinagaling na ketongin, ay binigyan Niya sila ng isang patotoong mag-aalis ng kanilang mga maling paniniwala.

Ipinahayag ng mga Pariseo na ang turo ni Kristo ay nalalaban sa kautusang ibinigay ng Diyos sa pamamagitan ni Moises; nguni't ang tagubilin Niya sa pinagaling na ketongin na maghandog ito nang alinsunod sa kautusan ay nagpabulaan sa paratang nilang ito. Iyon ay sapat ng katunayan para sa lahat ng may ibig maniwala.

Ang mga pinunong nasa Jerusalem ay nagsugo ng mga tiktik upang humanap ng magagawang dahilan sa pagpapapatay kay Kristo. Sinagot Niya sila sa pamamagitan ng katunayan ng Kaniyang pag-ibig sa sanlibutan, ng Kaniyang paggalang sa kautusan, at ng Kaniyang kapangyarihang magligtas sa tao sa kasalanan at kamatayan. Sa gayo'y pinatunayan Niya tungkol sa kanila na: "Tginan-ti nila sa Akin ay kasamaan sa mabuti, at pagtatanim sa pag-ibig [358]
Ko." Awit 104:5. Siya na nagbigay doon sa bundok ng utos na, "Ibigin ninyo ang inyong mga kaaway," ay siya ring nagpakita sa sarili Niyang kabuhayan ng simulaing, "huwag ninyong gantihin ng masama ang masama, o ng pag-alipusta ang pag-alipusta: kundi ng pag-papala." Mateo 5:44; 1 Pedro 3:9.

Ang mga saserdoteng humatol sa ketongin na siya'y dapat mahiwalay sa lipunan ng mga tao ay siya ring nagpatunay ngayon na siya'y magaling na. Ang pasiyang ito, na hayagang binigkas at

itinala, ay isang matibay na patotoo para kay Kristo. At nang mapabalik na ang lala-king pinagaling sa kapulungan ng Israel, batay sa sariling pagtiyak ng mga saserdote na siya'y wala nang ka-unti mang bahid ng karamdaman, siya na rin ang isang buhay na saksi para sa Nagpala sa kaniya. Buong kagalakang dinala niya ang kaniyang handog, at dinakila ang pangalan ni Jesus. Kinilala ng mga saserdote ang kapangyarihan ng Diyos na sumasaTagapagligtas. Ibinigay sa kanila ang pagkakataon na makilala ang katoto-hanan at pakinabangan ang liwanag. Kung kanilang tanggihan, lalampas ito, at di-kailanman magbabalik. Marami ang tumanggi sa liwanag; gayunma'y hindi rin naman ito lubos na nabigo. Maraming puso ang naantig gayunma'y hindi nagpahalata. Sa panahong ikinabuhay ng Tagapagligtas, ang Kaniyang misyon ay waring bahagya nang tugunin ng pag-ibig ng mga saserdote at mga guro; subali't nang Siya'y makaakyat na sa langit ay "nagsitalima sa pananampalataya ang lubhang maraming saserdote." Mga Gawa 6:7.

Ang ginawa ni Kristong paglilinis sa ketongin sa kakila-kilabot na sakit nito ay isang halimbawa ng Kaniyang ginagawang paglilinis sa tao sa kasalanan. Ang la-laking lumapit kay Jesus ay "puno ng ketong." Ang nakamamatay na lason nito ay lumaganap na sa
[359] buong katawan niya. Sinikap ng mga alagad na pigilin ang kanilang Panginoon sa paghipo sa kaniya; sapagka't ang sinumang humipo sa isang ketongin ay nagiging marumi na rin. Nguni't nang ipatong ni Jesus ang Kaniyang kamay sa ketongin, ay hindi Siya nahawa. Ang hipo Niya ay nagdulot ng nagbibigay-buhay na kapangyarihan. Ang ketong ay nalinis. Ganyan din ang ketong na kasalanan—malalim ang pagkakaugat, nakamamatay, at di-maaaring linisin ng kapangyarihan ng tao. "Ang buong ulo ay masakit, at ang buong puso ay nanlulupaypay. Mula sa talampakan ng paa hanggang sa ulo ay walang kagalingan; kundi mga sugat, at mga pasa, at nangagnananang sugat." Isaias 1:5, 6. Nguni't si Jesus, sa pagtahan sa sangka-tauhan, ay hindi nahawahan ng karumihan. Ang Kaniyang pakikiharap ay may nagpapagaling na bisa sa makasalanan. Sinumang magpapatirapa sa Kaniyang paanan, na taglay ang pananampalatayang magsasabi, "Panginoon, kung ibig Mo, ay maaaring malinis Mo ako," ay makaka-rinig ng sagot na, "Ibig Ko; luminis ka." Mateo 8:2, 3.

Sa ilang pagpapapagaling na ginawa ni Jesus, ay hindi Niya agad ibinigay ang hininging pagpapala. Nguni't sa kaso ng ketong, karakarakang makiusap ay agad iyong ibinigay. Ganyan din pagka tayo'y humihingi sa dalangin ng mga pagpapalang ukol sa lupa, ang sagot sa ating panalangin ay maaaring hindi agad ibigay, o kaya'y maaaring bigyan tayo ng Diyos ng iba kaysa ating hinihingi; subali't hindi gayon pagka ang hinihingi natin ay ang tayo'y maligtas sa pagkakasala. Talagang ibig Niyang tayo'y linisin sa kasalanan, na tayo'y gawing mga anak Niya, at upang magawa nating makapamuhay ng isang banal na kabuhayan. Ibinigay ni Kristo ang "Kaniyang sarili dahil sa ating mga kasalanan, upang tayo'y mailigtas dito sa kasalukuyang. masamang sanlibutan, ayon sa kalooban ng ating Diyos at Ama." Galaeia 1:4. At "ito ang nasa ating pagkakatiwala sa Kaniya, na, kung tayo'y humingi ng anumang bagay na ayon sa Kaniyang kalooban, ay dinidinig tayo Niya: at kung ating [360]
nalalaman na tayo'y dinidinig Niya, sa anumang ating hingin, ay nalalaman natin na nasa atin ang mga kahilingang sa Kaniya'y ating hiningi." 1 Juan 5:14, 15. "Kung ipinaha-hayag natin ang ating mga kasalanan, ay tapat at banal Siya na tayo'y patatawarin sa ating mga kasalanan, at tayo'y lilinisin sa lahat ng kalikuan." 1 Juan 1:9.

Nang pagalingin ni Kristo ang paralitiko sa Capernaum, ay Kaniyang itinurong muli ang katotohanan ding ito. Ginawa ang kababalaghang ito upang ipakita ang kapangyarihan Niyang magpatawad ng mga kasalanan. At ang pagpapapagaling sa paralitiko ay naglalarawan din ng ibang mahahalagang katotohanan. Ito'y lipos ng pag-asa at pampalakas ng loob, at kung iuugnay sa mapagtutol na mga Pariseo ay mayroon itong isang aral na nagbaba-bala rin naman.

Katulad ng ketongin, ang paralitikong ito ay nawalan na ng pagasang siya'y gagaling. Ang sakit niya ay bunga ng isang lisya o makasalanang pamumuhay, at ang mga paghihirap niya ay pinapait ng kaniyang pagdadalang-sisi. Matagal na siyang nakiusap nang una sa mga Pariseo at mga manggagamot, sa pag-asang malulunasan ang tini-tiis na hirap ng pag-iisip at kirot ng katawan. Nguni't tahasan nilang sinabi sa kaniya na siya'y hindi na gagaling, at ipinaubaya na siya sa galit ng Diyos. Sa ganang mga Pariseo ang pagkakasakit ay isang katunayan ng pag-kagalit ng Diyos, kaya sila'y lumalayo sa mga maysakit at mga nangangailangan. Gayon pa ma'y malimit

na itong mga nagbubunying sila ay mga banal ay higit pa ngang makasalanan kaysa mga maysakit na kanilang hinahamak at hinahatulan.

Ganap na walang-magawa ang lalaking paralitiko, at palibhasa'y nakikita niyang wala siyang maaasahang sinuman na tutulong sa kaniya, ay nasadlak na siya sa kawalang-pag-asa. Saka naman niya nabalitaan ang mga kahanga-hangang ginagawa ni Jesus. May
[361] nakapagsabi sa kaniya na ang ibang makasalanan din at walang-kayang gaya niya ay mga pinagaling; pati mga ketongin ay nili-nis. At ang mga kaibigang nagbalita ng mga bagay na ito ay nagpalakas ng loob sa kaniya upang paniwalaan na siya man naman ay maaaring gumaling kung siya'y madadala kay Jesus. Datapwa't naglaho ang pag-asang ito nang magunita niya kung paano siya dinapuan ng sakit. Nag-alaala siyang baka hindi siya tanggapin o hindi pakiharapan ng dalisay na Manggagamot.

Nguni't ang kaniyang lubhang pinakananasa ay hindi ang kagalingan ng kaniyang sakit kundi ang maibsan ng pinapasan niyang kasalanan. Kung makahaharap lamang siya kay Jesus, at kaniyang matatanggap nang may kati-yakan ang kapatawaran at kapayapaan ng Langit, ay ma-sisiyahan na siyang mabuhay o mamatay, ayon sa kalo-oban ng Diyos. Ang daing ng taong nabibingit sa kama-tayan ay, Oh, ako sana'y mapasa Kaniyang harapan! Walang panahong dapat sayangin; nababadha na sa kaniyang yayat na katawan ang mga tanda ng kamatayan. Pinamanhikan niya ang kaniyang mga kaibigan na buhatin siya sa kaniyang higaan at dalhin kay Jesus, at ito naman ay buong kagalakan nilang ginawa. Nguni't napakakapal ng mga taong nagkakatipon sa loob at sa palibot ng bahay na kinaroroonan ng Tagapagligtas, at hindi maa-aring makalapit sa Kaniya ang maysakit at ang mga kai-ibigan nito, o kaya'y marinig man lamang ang Kaniyang tinig.

Nagtuturo noon si Jesus sa loob ng bahay ni Pedro. Ayon sa kanilang kaugalian, ang mga alagad Niya ay nakaupo sa Kaniyang palibot, at "naroon ang mga Pariseo at ang mga dalubhasa sa kautusan na nakaupo rin sa paligid, na pawang nagsipanggaling sa bawa't bayan ng Galilea, at ng Judea, at ng Jerusalem." Nagsiparoon ang mga ito bilang mga tiktik, na nagsisihanap ng maipapa-rating laban kay Jesus. Sa kabila ng mga pinunong ito ay nagsisiksikan ang
[362] halu-halong karamihan, ang mga nasasabik, ang mga magagalang,

ang mga mapag-usisa, at ang mga di-naniniwala. Naroon din ang iba't ibang mga lahi at ang. lahat ng mga uri ng mga tao. "At ang kapangyarihan ng Panginoon ay naroroon upang magpagaling." Ang Espiritu ng buhay ay lumukob sa kapulungan, nguni't hindi napansin ng mga Pariseo at ng mga dalubhasa sa kautusan. Wala silang nadamang pangangailangan, at ang pagpapagaling ay hindi ukol sa kanila. "Binusog Niya ang nangagugutom ng mabubuting bagay, at pinaalis Niya ang mayayaman na walang anuman." Lukas 1:53.

Paulit-ulit na pinagsikapan ng mga maydala sa paralitiko na makalusot sa makapal na karamihan, nguni't sila'y nabigo. Nagpalinga-linga ang maysakit na taglay ang .di-mabigkas na hinagpis. Ngayong maabot na ang pinakalulunggating makatutulong, ay ngayon pa ba siya mawawalan ng pag-asa? Sa kaniya na ring mungkahi ay dinala siya ng kaniyang mga kaibigan hanggang sa bubong ng bahay, at pagkatapos na matuklap nila ang isang bahagi ng bubungan, ay inihugos siyang pababa sa paanan ni Jesus. Napatigil ang pagsasalita. Pinagmasdan ng Tagapagligtas ang hapis na mukha ng paralitiko, at nakita Niya ang namamanhik na mga matang nakatuon sa Kaniya. Naunawaan Niya ang lahat ng pangyayari; Siya na rin ang humila sa taong ito na kinaurali ng diwang nagugulumihanan at nag-aalinlangan. Nang nasa bahay pa ang paralitiko, ang Tagapagligtas ang sumumbat sa budhi nito. At ang pagsisihan nito ang kaniyang mga kasalanan, at sumampalataya sa kapangyarihan ni Jesus na siya'y mapagagaling, ay dumating agad sa uhaw na puso nito ang daloy ng awang nagbibigay-buhay. Nakita ni Tesus ang kauna-unahang silahis ng paniniwala na tumubo at lumaki sa pagiging isang pananampalataya na Siya lamang ang makatutulong sa makasalanan, at nakita Niya itong lalong nagtumibay sa bawa't pagsisikap na makarating sa Kaniyang harapan.

Ngayon, sa pamamagitan ng mga salitang dumating na parang [363]
musika sa pakinig ng maysakit, ay sinabi ng Tagapagligtas, "Anak, laksan mo ang iyong loob; pina-tawad na ang iyong mga kasalanan."

Napahid agad ang pinapasang kawalang-pag-asa sa kaluluwa ng maysakit; ang kapayapaan ng pagiging-pinata'wad ay namamahinga na sa kaniyang diwa, at namama-naag sa kaniyang mukha. Napawi ang kirot sa kaniyang katawan, at nagbago ang kaniyang buong

pagkatao. Ang walang-kayang paralitiko ay gumaling! Ang taong maka-salanan ay pinatawad!

Sa pamamagitan ng simpleng pananampalataya ay tinanggap niya ang mga salita ni Jesus na tulad sa biyaya ng bagong buhay. Wala na siyang hiniling pa, kundi nanatiling tahimik na naliligayahan, totoong maligaya upang mangusap pa. Namanaag ang liwanag ng langit sa kaniyang mukha, at may pangingimi't paggalang na pinanood ng mga tao ang tagpong yaon.

Buong kasabikang inantabayanan ng mga rabi kung ano ang gagawin ni Kristo sa maysakit na ito. Naalaala nila kung paanong humingi sa kanila ng tulong ang lalaking ito, at pinagkaitan nila ito ng pag-asa o pakikiramay. At hindi pa sila nasiyahan sa pagkakait na ito, sinabi pa nilang siya'y nagbabata ng parusa ng Diyos dahil sa kaniyang mga pagkakasala. Ang mga bagay na ito ay nanariwa sa kanilang pag-iisip nang makita nila ang maysakit na lalaki sa harap nila. Napansin nila ang kasabikan ng lahat sa panonood ng tagpong yaon, at nakadama sila ng malaking pangamba na baka masira ang sarili nilang impluwensiya sa mga tao.

Ang mararangal na taong ito ay hindi na nag-usap-usap, kuhdi sa kanilang pagtititigan ay nagkabasahan na sila ng kani-kanilang mga iniisip, na dapat silang gumawa ng anumang bagay upang mahadlangan ang daloy ng damdamin. Ipinahayag ni Jesus na pinatawad na ang mga kasalanan ng paralitiko. Itinuring ng mga Pariseo na ang mga salitang ito ay pamumusong, at naisip nilang
[364] ito ay maihaharap nila bilang isang kasalanan na karapatdapat sa kamatayan. Sinabi nila sa kanilang mga sarili, "Siya'y namumusong: sino ang makapagpapatawad ng mga kasalanan kundi Isa, ang Diyos lamang?" Marcos 2:7.

Itinutok ni Jesus ang Kaniyang titig sa kanila, na iniwasan nama't ikinapaurong nila, at Kaniyang sinabi, "Bakit nangag-iisip kayo nang masama sa inyong mga puso? Sapagka't alin baga ang lalong magaang sabihin, Ipinatatawad na ang iyong mga kasalanan; o sabihin, Magtindig ka, at lumakad ka? Datapwa't upang maalaman ninyo na ang Anak ng tao'y may kapamahalaan sa lupa na magpatawad ng mga kasalanan," ay sinabi Niya, na binalingan ang paralitiko, "Magtindig ka, buhatin mo ang iyong higaan, at umuwi ka sa iyong bahay."

Nang magkagayon siya na dinala kay Jesus sa isang higaan ay nagtindig na taglay ang lakas at sigla ng kabataan. Dumaloy sa kaniyang mga ugat ang dugong nag-bibigay-buhay. Biglang-biglang nagsikilos ang bawa't sangkap ng kaniyang katawan. Banaag ng kalusugan ang humalili sa namumutlang kulay ng dumarating na kamatayan. "At pagdaka'y nagtindig siya, at binuhat ang higaan, at yumaon sa harap nilang lahat; anupa't nangagtaka silang lahat, at niluwalhati nila ang Diyos, na nangagsasabi, Kailanma'y hindi tayo nakakita nang ganito."

Oh, kamangha-manghang pag-ibig ni Kristo, na nagpakababa upang pagalingin ang maysala at ang maysakit! Diyos na nalulungkot at lumulunas ng mga karamdaman ng naghihirap na sangkatauhan! Oh, kagila-gilalas na kapangyarihang ipinakita nang gayon sa mga anak ng mga tao! Sino pa ang mag-aalinlangan sa pabalita ng kaligtasan? Sino pa ang magwawalang-bahala sa mga kaawaan ng mahabaging Manunubos?

Walang ibang kinailangan kundi ang lumalalang na kapangyarihan upang maisauli ang kalusugan sa nama-matay na katawang yaon. Ang tinig ding iyon na nagsalita at nagbigay-buhay sa taong nilikha mula sa alabok ng lupa, ay siya ring nagsalita't nagbigay-buhay [365]
sa mamamatay na paralitiko. At ang kapangyarihan ding iyon na nagbigay ng buhay sa katawan ay siya ring bumago ng puso. Siya na nang panahon ng paglalang ay "nagsalita, at nangyari," na "nag-utos, at tumayong matatag" (Awit 33:9), ay siyang nagsalita't nagbigay-buhay sa kaluluwang patay sa mga pagsalansang at mga kasalanan. Ang paggaling ng katawan ay katunayan ng kapangyarihang bumago ng puso. Inatasan ni Kristo ang paralitiko na tumindig at lumakad, "upang maalaman ninyo," sabi Niya, "na ang Anak ng tao'y may kapamahalaan sa lupa na magpatawad. ng mga kasalanan."

Natagpuan ng paralitiko kay Kristo ang kagalingan ng kaniyang katawan at kaluluwa. Ang paggaling na ukol sa espiritu ay sinundan ng paggaling ng panganga-tawan. Hindi dapat kaligtaan ang aral na ito. Sa ngayon ay may libu-libong nangagtitiis ng karamdaman ng pangangatawan, na tulad ng paralitiko, ay nangasasabik makarinig ng pabalitang, "Pinatawad na ang iyong mga kasalanan." Ang pinapasang kasalanan, kasama ang dulot nitong di-pagkatahimik at mga nasaing di-mabigyangkasiyahan, ay siyang pinagbubuhatan ng kanilang mga karamdaman. Hindi sila makatagpo ng lunas

hanggang hindi sila lumalapit sa Nagpapagaling ng kaluluwa. Ang kapayapaang Siya lamang ang makapagbibigay ay mag-dudulot ng kalakasan sa isip, at ng kalusugan sa katawan.

Naparito si Jesus upang "iwasak ang mga gawa ng diyablo." "Nasa Kaniya ang buhay," at sinasabi Niyang, "Ako'y naparito upang sila'y magkaroon ng buhay, at magkaroon ng kasaganaan nito." Siya ay "espiritung nag-bibigay-buhay." 1 Juan 3:8; Juan 1:4; 10:10; 1 Corinto 15:45. At taglay pa rin Niya ang kapangyarihang yaon na nagbibigay-buhay gaya nang Siya'y nasa lupa na Siya'y nagpapagaling ng mga maysakit, at nagpatawad sa makasalanan. Siya'y
[366] "nagpapatawad ng iyong lahat ng mga kasamaan," Siya'y "nagpapagaling ng iyong lahat na mga sakit." Awit 103:3.

Ang nagawa sa mga tao ng pagpapagaling sa parali-tiko ay parang nabuksan ang langit, at nahayag ang mga kaluwalhatian ng lalong mabuting sanlibutan. Nang ang lalaking pinagaling ay dumaan sa gitna ng karamihan, na pinupuri ang Diyos sa bawa't paghakbang, at dala-dala ang kaniyang pasan na para bagang iyon ay kasing-gaan lamang ng isang balahibo, ay nagsiurong ang mga tao upang siya'y mabigyan ng daan, at nakabadha sa mga mukha ang panggigilalas na siya'y tinititigan nila, na marahang nagbubulungan sa kanilang mga sarili, "Na-kakita kami ngayon ng mga bagay na kataka-taka."

Naumid sa pagkakamangha at lubos na napipilan ang mga Pariseo. Nakita nilang dito'y walang pagkakataon ang pagkainggit nila upang mapagalit ang karamihan. Ang kahanga-hangang ginawa sa lalaking ipinaubaya na nila sa galit ng Diyos ay nakaantig nang gayon na lamang sa mga tao na anupa't nalimutan na nila nang sandaling yaon ang mga rabi. Nakita nilang si Kristo ay may angking kapangyarihan na sa ganang kanila'y sa Diyos lamang nagmumula; gayon pa ma'y ibang-iba ang Kaniyang mabanayad at marangal na kilos sa kanilang hambog na pag-uugali. Sila'y nalito at napahiya, nguni't ayaw pa rin nilang amining sila'y nasa harap ng isang nakahihigit na kinapal. Kapag lalong tumitibay ang katunayan na si Jesus ay may kapangyarihan sa lupa na magpatawad ng mga kasalanan, ay lalong tumitibay din ang kanilang mga sarili sa di-paniniwala. Buhat sa tahanan ni Pedro, na doon nila nasaksihan ang pagpapagaling sa paralitiko sa pamamagitan ng Kaniyang salita, ay nagsialis sila up-

ang gumawa na naman ng mga bagong pakana upang mapatahimik ang Anak ng Diyos.

Ang karamdaman ng katawan, gaano man kalubha at katalamak, ay pinagaling ng kapangyarihan ni Kristo; subali't ang karamdaman ng kaluluwa ay lalong matibay ang kapit sa mga kusang nagpipikit [367] ng kanilang mga mata sa liwanag. Ang sakit na ketong at paralisis ay hindi lubhang nakatatakot na tulad ng pagkapanatiko at di-paniniwala.

Sa tahanan ng pinagaling na paralitiko ay nagkaroon ng malaking pagkakatuwaan nang siya'y umuwi sa kaniyang sambahayan, na dala-dala ang higaang kani-kanina lamang ay kaniyang kinahihigan nang siya'y ialis sa kanila. Nagkalipumpon sila sa palibot niya na nagsisiluha sa kagalakan, na halos hindi makapaniwala sa kanilang nakikita. Siya'y nakatayo sa harap nila na malakas at malusog. Ang mga kamay na yaong luno at parang nakabitin lamang sa kaniyang mga balikat ay masigla ngayong naigagalaw niya sa sandaling naisin niya. Ang katawan niyang numipis at namutla ay nanariwa ngayon at pumula. Matatag na kung siya'y lumakad. Tuwa at pagasa ang nakaguhit sa kaniyang mukha; at ang mga tanda ng kasalanan at kahirapan ay nahalinhan ng hayag na kalinisan at kapayapaan. Maligayang pasasalamat ang pumailanlang mula sa tahanang yaon, at naluwalhatian naman ang Diyos sa pamamagitan ng Kaniyang Anak, na nagbigay ng pag-asa, at ng lakas sa may karamdaman. Ang lalaking ito at ang kaniyang sambahayan ay handang mag-alay ng kanilang mga buhay para kay Jesus. Ang kanilang pananampalataya ay hindi pinabuway ng pag-aalinlangan, at ang katapatan nila sa Kaniya na naghatid ng liwanag sa madilim nilang tahanan ay hindi nadungisan ng di-paniniwala. [368]

# Kabanata 28—Si Levi-Mateo

Ang kabanatang ito ay batay sa Mateo 9:9-17; Marcos 2:14-22; Lukas 5:27-39.

Sa mga romanong nanunungkulan sa Palestina, wala nang higit na kinapopootan kundi ang mga manini-ngil ng buwis. Naging patuloy na kayamutan sa mga Hudyo ang pangyayaring isang kapangyarihang dayuhan ang nagpapataw ng mga buwis, palibhasa'y nagpapagunita ito na nawala na ang kanilang kasarinlan o kalayaan. At ang mga maniningil ng buwis ay hindi lamang mga kasangkapan sa paniniil ng Roma; sila'y mga manghu-huthot o mga mangingikil din ng salapi, na pinayayaman ang kanilang mga sarili sa ikapagdaralita naman ng bayan. Ang isang Hudyong tumanggap ng tungkuling ito sa mga kamay ng mga Romano ay itinuturing na nagka-kanulo sa dangal ng kaniyang bansa. Siya'y hinahamak bilang isang taksil, at ibinibilang na kauri ng pinakaimbi sa lipunan.

Sa uring ito kabilang si Levi-Mateo, na tinawag maglingkod kay Kristo, kasunod ng apat na mga alagad sa Genesaret. Hinatulan ng mga Pariseo si Mateo ayon sa kaniyang hanapbuhay, nguni't sa taong ito ay nakita ni Jesus ang isang pusong bukas sa pagtanggap ng katotohanan. Nakinig si Mateo sa pagtuturo ng Tagapagligtas. At nang ihayag ng sumusumbat na Espiritu ng Diyos ang kaniyang pagka-
[369] makasalanan, ay minithi niyang hu- mingi ng tulong kay Kristo;
[370] nguni't namihasa na siya sa mapangmatang ugali ng mga rabi, kaya inisip niyang baka hindi siya pansinin ng Dakilang Gurong ito.

Sa kaniyang pagkakaupo isang araw sa kaniyang puwesto sa pangingilak ng buwis, ay nakita niya si Jesus na dumarating. Gayon na lamang ang kaniyang pagka-kamangha nang marinig niya ang mga salitang iniukol sa kaniya ng Tagapagligtas na "Sumunod ka sa Akin."

"Iniwan" ni Mateo "ang lahat, at nagtindig, at sumunod sa Kaniya." Hindi siya nagkaroon ng pagbabantulot, hindi siya nagtanong, at ni hindi niya inisip ang mabuti niyang hanap-buhay na

ipagpapalit niya sa karukhaan at kahirapan. Sapat na sa kaniya na siya'y makakasama ni Jesus, upang mapakinggan niya ang Kaniyang mga salita, at makiisa sa Kaniya sa Kaniyang gawain.

Ganyan din ang ginawa ng mga alagad na unang tinawag. Nang atasan ni Jesus si Pedro at ang mga kasama nito na magsisunod sa Kaniya, karaka-rakang iniwan nila ang kaniiang mga daong at mga lambat. Ang ilan sa mga alagad na ito ay may mga kaibigang sa kanila umaasa ng ikabubuhay; gayon man nang tanggapin nila ang paanya-ya ng Tagapagligtas, ay hindi sila nag-atubili, at hindi nagtanong, Paano ako mabubuhay, at paano ko maitata-guyod ang aking pamilya? Sinunod nila ang tawag sa kanila; at nang dakong huling tanungin sila ni Jesus, "Nang kayo'y suguin Ko na walang supot ng salapi, at supot ng pagkain, at mga panyapak, kinulang baga kayo ng anuman?" ay sumagot sila ng, "Hindi." Lukas 22:35.

Kay Mateo na mayaman, at kina Andres at Pedro na mga maralita, ay ibinigay ang pagsubok ding iyan; at iisang pagtatalaga ang ginawa naman ng bawa't isa. Sa sandali ng tagumpay, nang ang mga lambat nila ay puno ng mga isda, at masidhi ang mga udyok ng dating pamu-muhay, ay hiniling ni Jesus sa mga alagad na nasa tabingdagat na iwan nila ang lahat upang maglingkod sa gawain ng ebanghelyo. Kaya ang bawa't kaluluwa ay sinusubok kung ang [371]
pinakamatimbang sa kaniya ay ang paghahangad ng kabutihang ukol sa lupa o ang pakikisama kay Kristo.

Lagi nang mahigpit ang simulain. Walang magtata-gumpay sa paglilingkod sa Diyos malibang ang buong puso niya ay nasa gawain at malibang ibinibilang niyang kalugihan lamang ang lahat ng mga bagay alang-alang sa kadakilaan ng pagkakilala kay Kristo. Sinumang gumagawa ng anumang pagpapataan ay hindi maaaring maging alagad ni Kristo, ni hindi rin siya maaaring maging Kaniyang kamanggagawa. Kapag pinahahalagahan ng mga tao ang dakilang kaligtasan, ang sakripisyong nakita sa buhay ni Kristo ay makikita rin sa kanila. Saanman Siya manguna sa daan, ikagagalak nila ang sumunod.

Ang pagtawag kay Mateo upang maging isa sa mga alagad ni Kristo ay lumikha ng malaking galit. Sapagka't ang pagpili ng isang guro sa relihiyon ng isang maniningil ng buwis upang maging malapit niyang katulong ay isang paglapastangan o pagyurak sa mga kaugaliang pan-relihiyon, panlipunan, at pambansa. Kaya sa

pamamagi-tan ng pag-antig sa di-mabubuting kalooban ng bayan ay sinikap ng mga Pariseong maging laban kay Jesus ang damdamin ng lahat.

Sa gitna ng mga maniningil ng buwis ay isang malaking interes ang nalikha. Ang mga puso nila'y napalapit sa banal na Guro. At sa katuwaan ni Mateo sa kaniyang pagiging isang bagong alagad, ay sinikap niyang mailapit kay Jesus ang mga dati niyang kasamahan. Dahil nga rito'y gumawa siya ng isang piging sa kaniyang sariling bahay, at tinawag niya ang kaniyang mga kamag-anak at mga kaibigan. At hindi lamang mga maniningil ng buwis ang nakabilang, kundi marami pang iba na may nakapagaalinlangang reputasyon, at mga nilalayuan ng kanilang higit na maiingat na mga kapitbahay.

Ang piging ay iniukol sa karangalan ni Jesus, at Siya naman
[372] ay hindi nag-atubili sa pagtanggap sa anyaya. Talos Niyang mamasamain ito ng pangkatin ng mga Pariseo, at ilalagay din Siya sa kakatwang katayuan sa paningin ng mga tao. Nguni't hindi Siya maaaring mag-kunwa-kunwarian. Sa ganang Kaniya ay walang anuman ang mga panlabas na pang-uuri. Ang nakapupukaw sa Kaniyang puso ay ang kaluluwang nauuhaw sa tubig ng buhay.

Si Jesus ay naupo bilang isang panauhing pandangal sa hapag ng mga maniningil ng buwis, na sa pamamagitan ng Kaniyang pagbibigay-loob at mabuting pakikisama ay ipinakita Niyang kinikilala Niya ang dangal ng sangkatauhan; at hinangad naman ng mga tao na maging karapat-dapat sa Kaniyang pagtitiwala. Sa uhaw nilang mga puso ay tumimo ang Kaniyang mga salita na taglay ang pinagpala't nagbibigay-buhay na kapangyarihan. Mga bagong damdamin ay nagising, at ang pag-asa sa pagkakaroon ng isang bagong buhay ay nabuksan sa mga itinatakwil na ito ng lipunan.

Sa ganitong mga pagtitipon, hindi iilan ang nakintalan ng mga turo ng Tagapagligtas na hindi naman kumilala sa Kaniya kundi nang Siya'y makaakyat na sa langit. Nang ibuhos ang Espiritu Santo, at tatlong libo ang nahikayat sa isang araw, ay kabilang sa mga ito ang marami na unang napakinggan ang katotohanan sa hapag ng mga maniningil ng buwis, at ang ilan sa mga ito ay naging mga tagapagbalita ng ebanghelyo. Sa ganang kay Mateo ang halimbawang ginawa ni Jesus sa piging ay isang namamalaging aral. Ang kinasusuklamang maniningil ng buwis ay naging isa sa pinakamatapat na ebanghelista, at sa sarili niyang ministeryo ay

siya'y sumunod nang buong higpit sa mga hakbang ng kaniyang Panginoon.

Nang mabalitaan ng mga rabi ang pagkakaparoon ni Jesus sa piging ni Mateo, ay sinamantala nila karaka-raka ang pagkakataon na Siya'y maparatangan. Gayunma'y pinili nilang gumawa sa mga alagad. Kung mapasasama nila ang damdamin ng mga alagad sa [373]
kanilang Panginoon ay mailalayo nga nila ang kanilang loob sa Kaniya. Paraan na nila na pulaan at paratangan si Kristo sa mga alagad, at ang mga alagad naman ay pulaan at paratangan kay Kristo, na ang layunin nila ay sugatan kung sino ang lalong masusugatan. Ito ang pamamaraang ginawa ni Satanas buhat nang siya'y maghimagsik sa langit; at lahat na lumilikha ng pagkakaalit at paghihiwalay ay mga inuudyukan ng kaniyang espiritu.

"Bakit nakikisalo ang inyong Panginoon sa mga maniningil ng buwis at mga makasalanan?" tanong ng ma-inggiting mga rabi.

Hindi na hinintay ni Jesus na sagutin pa ng Kaniyang mga alagad ang paratang, kundi Siya na rin ang sumagot: "Ang mga walang sakit ay hindi nangangailangan ng manggagamot, kundi ang mga maysakit. Datapwa't magsihayo kayo at inyong pag-aralan kung ano ang kahu-lugan nito, Habag ang ibig Ko, at hindi hain: sapagka't hindi Ako naparito upang tumawag ng mga matwid, kundi ng mga makasalanan sa pagsisisi." Ipinamamarali ng mga Pariseo na sila'y mga walang sakit sa espiritu, at dahil dito'y hindi sila nangangailangan ng manggagamot, samantala'y itinuturing naman nila na ang mga maniningil ng buwis at ang mga Hentil ay mga mapapa-hamak dahil sa mga sakit ng kaluluwa. Kaya nga hindi ba gawain Niya, bilang isang manggagamot, na puntahan yaon mismong uri ng mga tao na nangangailangan ng Kaniyang tulong?

Subali't bagaman napakataas ang palagay ng mga Pariseo sa kanilang mga sarili, ang katotohanan naman ay sila'y lalo pang masama ang kalagayan kaysa mga taong kanilang inaalipusta. Ang mga maniningil ng buwis ay di-gaanong panatiko at di-gasinong palalo, at kaya nga lalo silang madali-daling maimpluwensiyahan ng katotohanan. Sinabi ni Jesus sa mga rabi, "Magsihayo kayo at inyong pag-aralan kung ano ang kahulugan nito, Habag ang ibig [374]
Ko, at hindi hain." Kaya nga ipinakilala Niya na bagama't ipinamamarali nilang sila ang tagapagpaliwanag ng salita ng Diyos, ang

katotohanan naman ay ganap silang walang-nalalaman tungkol sa diwa nito.

Sandaling napipilan ang mga Pariseo, nguni't sila'y lalo lamang naging determinado sa kanilang pakikipag-alit. Isinunod nilang hinanap ang mga alagad ni Juan Bautista, at pinagsikapan nilang ang mga ito ay maging laban sa Tagapagligtas. Hindi tinanggap ng mga Pariseong ito ang misyon ng Mambibinyag. Inalipusta nila ang kaniyang matimping pamumuhay, ang kaniyang simpleng mga kaugalian, ang kaniyang magagaspang na pananamit, at kanilang tinawag siyang isang panatiko. Dahil sa tinuligsa niya ang kanilang pagpapaimbabaw, ay nilabanan nila ang kaniyang mga salita, at pinagsikapang udyukan ang mga tao na maging laban sa kaniya. Kinilos ng Espiritu ng Diyos ang puso ng mga manlilibak na ito, na ipinakilala sa kanila ang kanilang mga kasalanan; nguni't tinanggihan nila ang payo ng Diyos, at sinabing si Juan ay inaalihan ng demonyo.

Ngayon namang si Jesus ay dumating na nakikisama sa mga tao, kumakain at umiinom na kasalo nila sa kanilang mga hapag, ay pinaratangan nila Siya na matakaw at manginginom. Ang mga nagpaparatang nito ay siya mismong mga gumagawa ng mga ipinararatang na ito. Kung paanong ang Diyos ay maling ipinakikilala, at binibintangan ni Satanas ng sarili nitong mga likas at paguugali, gayundin ang ginagawa ng masasamang taong ito sa mga tagapagbalita ng Panginoon.

Ayaw isaalang-alang ng mga Pariseo na kaya kumakain si Jesus na kasalo ng mga maniningil ng buwis at ng mga makasalanan, ay upang maihatid ang liwanag ng langit sa mga nakasadlak sa kadiliman. Ayaw nilang tang-gapin na bawa't salitang binibigkas ng banal na Guro ay isang buhay na binhing tutubo at magbubunga
[375] sa ikaluluwalhati ng Diyos. Ipinasiya na nilang huwag tanggapin ang liwanag; at bagama't nang una'y sinalungat nila ang misyon ni Juan Bautista, ngayon naman ay handa nilang kaibiganin ang mga alagad nito, sa pag-asa nilang matatamo nila ang pakikipagtulungan ng mga ito laban kay Jesus. Sinabi nilang niwawalang kabuluhan ni Jesus ang mga sinaunang sali't saling sabi; at anila'y ibang-iba ang payak o simpleng kabanalan ni Juan sa ginagawa ni Jesus na pakikipagkainan sa mga maniningil ng buwis at mga makasalanan.

Nang panahong ito ay nasa malaking kadalamhatian ang mga alagad ni Juan. Ito ay noong bago sila dumalaw kay Jesus na dala ang pasabi ni Juan. Nakabilanggo ang mahal nilang guro, at pinararaan nila ang mga araw sa pamimighati. At si Jesus naman ay walang ginagawang anumang pagsisikap upang makalaya si Juan, at sa malas ay para manding niwawalan pa nga ng halaga ang mga turo nito. Kung si Juan ay sinugo ng Diyos, bakit nga ibang-iba ang ginagawa ni Jesus at ng Kaniyang mga alagad?

Ang mga alagad ni Juan ay walang malinaw na pagka-kilala sa gawain ni Kristo; inisip nilang baka nga may pinagbabatayan ang mga ipinararatang ng mga Pariseo. Ginanap nila ang marami sa mga alituntuning ipinatutupad ng mga rabi, at umasa pa ngang sila'y aariing-ganap sa pamamagitan ng mga gawa ng kautusan. Ang pag-aayuno ay ginanap ng mga Hudyo bilang isang gawa ng kabanalan, at ang pinakamasisigasig sa kanila ay nagsi-pag-ayuno nang dalawang araw sa bawa't sanlinggo. Ang mga Pariseo at ang mga alagad ni Juan ay nagsisipag-ayuno nang itong huli ay lumapit kay Jesus na nagtata-nong, "Bakit kami at ang mga Pariseo ay nangag-aayu-nong madalas, datapwa't hindi nangag-aayuno ang mga alagad Mo?"

Magiliw na magiliw na sinagot sila ni Jesus. Hindi Niya sinikap na iwasto ang mali nilang pagkaunawa tungkol sa pag-aayuno, kundi itinumpak lamang Niya sila sa kanilang pagkakilala sa sarili Niyang [376] misyon. At ito'y ginawa Niya sa pamamagitan ng paggamit ng talinhagang ginamit din ni Juan Bautista sa pagpapatotoo nito kay Jesus. Sinabi ni Juan, "Ang nagtatangkilik sa kasintahang-babae ay ang kasintahang-lalaki: datapwa't ang kaibigan ng kasintahang-lalaki, na nakatayo at nakikinig sa kaniya, ay nagagalak na lubos dahil sa tinig ng kasintahang-lalaki: ito ngang aking kaligayahan ay naganap." Juan 3:29. Hindi maaaring di-maalaala ng mga alagad ni Juan ang mga salitang ito ng kanilang guro, nang, sa pagbibigay ng halimbawa, ay sinabi ni Jesus, "Mangyayari bagang mag-ayuno ang mga abay sa kasalan, habang ang kasinta-hang-lalaki ay kasama nila?"

Ang Prinsipe ng langit ay nasa gitna ng Kaniyang bayan. Ang pinakadakilang kaloob ng Diyos ay ibinigay sa sanlibutan. Ligaya sa mga maralita; sapagka't naparito si Kristo upang sila'y gawing mga tagapagmana ng Kaniyang kaharian. Ligaya sa mayayaman;

sapagka't ituturo Niya sa kanila kung paano makapagtatamo ng mga wa-lang-hanggang kayamanan. Ligaya sa mga mangmang; sapagka't padudunungin Niya sila sa ikaliligtas. Ligaya sa marunong; sapagka't ihahayag Niya sa kanila ang lalong malalalim na hiwagang hindi pa nila nalilirip; at ang mga katotohanang nangapatago buhat nang itatag ang sanlibutan ay mangahahayag sa mga tao sa pamama-gitan ng misyon ng Tagapagligtas.

Natuwa si Juan Bautista na makita ang Tagapagligtas. Kaysayang pagkakataon sa mga alagad na sila'y nagkaroon ng karapatan na lumakad at makipag-usap sa Prinsipe ng langit! Hindi ito ang panahon upang sila'y tumangis at mag-ayuno. Bagkus dapat nilang buksan ang kanilang mga puso upang tanggapin ang liwanag ng Kaniyang kaluwalhatian, upang masabugan naman nila ng liwanag ang mga nangakasadlak sa kadiliman at nangasa lilim ng kamatayan.

[377] Maliwanag ang tanawing ipinakikita ng mga salita ni Kristo, nguni't sa ibayo ay may makapal na ulap na nakaladlad, na mata lamang Niya ang nakakakita. "Darating ang mga araw," wika Niya, "na kukunin sa kanila ang kasintahang-lalaki, at saka sila magsisipag-ayuno sa mga araw na yaon." Pagka nakita nila ang kanilang Panginoon na ipinagkanulo at ipinako sa krus, ang mga alagad ay magsisitangis at magsisipag-ayuno. Sa pahimakas Niyang pangungusap sa kanila sa silid sa itaas, ay sinabi Niya, "Sandali na lamang at Ako'y hindi na ninyo makikita: at muling sandali pa, at Ako'y inyong makikita. Katotohanan, katotohanang sinasabi Ko sa inyo, Na kayo'y magsisiiyak at magsisipanaghoy, datapwa't ang sanlibutan ay magagalak: at kayo'y mangalulumbay, datapwa't ang inyong kalumbayan ay magiging kagalakan." Juan 16:19, 20.

Pagka Siya'y lumabas na sa libingan, ang kanilang kalumbayan ay magiging kagalakan. Pagkaakayat Niya sa langit ay mahihiwalay na Siya sa kanila; nguni't manana-tili pa rin Siyang sumasakanila sa pamamagitan ng Mangaaliw, at hindi nila dapat gugulin ang kanilang panahon sa pagtangis. Ito sana ang gusto ni Satanas. Ibig niyang ibigay nila sa sanlibutan ang impresyon na sila'y nanga-daya at nangabigo; subali't sa pamamagitan ng pananam-palataya ay dapat silang tumingin sa santuwaryong nasa itaas, na doon naglilingkod si Jesus para sa kanila; dapat nilang buksan ang mga puso nila sa Banal na Espiritu, na Kaniyang kinatawan, at dapat silang mangatuwa sa liwanag ng Kaniyang pakikiharap. Nguni't darating ang mga araw

ng tukso at pagsubok, pagka sila'y dadalhin na upang makipagbaka laban sa mga pinuno ng sanlibutang ito, at sa mga lider ng kaharian ng kadiliman; pagka si Kristo'y hindi na nila kasama, at hindi nila nakilala ang Mang-aaliw, ay saka pa lamang magiging lalong nababagay sa kanila na sila'y magsipag-ayuno.

Pinagsikapan ng mga Pariseong itanghal ang kanilang mga sarili sa pamamagitan ng mahihigpit nilang pagganap ng mga porma ng [378] pagsamba, samantalang ang mga puso nila ay puno ng pagkainggit at pakikipag-alit. "Narito," sinasabi ng Kasulatan, "kayo'y nangagaayuno para sa pakikipag-alit at pakikipagtalo, at upang manakit ng suntok ng kasamaan: hindi kayo nangag-aayuno sa araw na ito, upang inyong iparinig ang inyong tinig sa itaas. Iyan baga ang ayuno na Aking pinili? ang araw na pag-dadalamhatiin ng tao ang kaniyang kaluluwa? ang iyuko ang kaniyang ulo na parang yantok, at maglatag ng magaspang na kayo at abo sa ilalim niya? iyo bang tata-wagin ito na ayuno, at kalugud-Iugod na araw sa Panginoon?" Isaias 58:4, 5.

Ang tunay na ayuno ay hindi isang pormal na serbisyo o pagsamba lamang. Isinasaad ng Kasulatan ang ayunong pinili ng Diyos—"na kalagin ang mga tali ng kasamaan, na pagaanin ang mga pasan, at papaging layain ang na-pipighati, at iyong alisin ang lahat na atang;" na "mag-mamagandang-loob ka sa gutom, at iyong sisiyahan ng loob ang nagdadalamhating kaluluwa." Isaias 58:6, 10. Dito'y inilalahad ang tunay na diwa at uri ng gawain ni Kristo. Ang buo Niyang buhay ay isang pagsasakripisyo ng Kaniyang sarili sa ikaliligtas ng sanlibutan. Maging Siya'y nag-aayuno sa ilang ng tukso, o kumakaing kasalo ng mga maniningil ng buwis sa piging ni Mateo, ay Siya'y nagbibigay ng Kaniyang buhay para sa ikatutubos ng mga nawawala. Ang tunay na kabanalan ay hindi nakikita sa laging pananangis, sa pagpaparusa sa katawan, at sa napakaraming pagsasakripisyo, kundi sa pagpapasakop ng sarili sa handang paglilingkod sa Diyos at sa tao.

Sa pagpapatuloy ng Kaniyang sagot sa mga alagad ni Juan, si Jesus ay nagsaysay ng isang talinhaga, na sina-sabi, "Walang taong pumilas sa bagong damit at itinagpi sa damit na luma; sa ibang paraa'y sisirain ang bago, at sa luma naman ay hindi bagay ang tagping mula sa bago." Ang pabalita ni Juan ay hindi dapat ihalo sa sali't saling sabi at pamahiin. Pagka tinangkang ihalo sa kabanalan [379]

ni Juan ang pagkukunwari ng mga Pariseo ay lalo lamang malinaw na makikita ang agwat ng pagkakaiba ng mga ito.

Lalo rin namang hindi maaaring pagsamahin ang mga simulain ng aral ni Kristo at ang mga porma o mga seremonya't aral ng mga Pariseo. Hindi magagawa ni Kristo na Siya ang magtagpi ng sirang nagawa ng mga pagtuturo ni Juan. Lalo pa nga Niyang ipakikita ang pagkakahiwalay ng luma at ng bago. Inilarawan pa ni Jesus ang bagay na ito, na sinasabi, "Walang taong nagsisilid ng alak na bago sa mga balat na luma; sa ibang paraa'y papuputukin ng alak na bago ang mga balat, at mabububo, at masisira ang mga balat." Ang mga balat na ginagamit na sisidlan ng bagong alak, pagkaraan ng isang panahon ay natutuyo at lumulutong pagkagamit, at hindi na muling nagagamit na sisidlan. Sa karaniwang paglalarawan o halimbawang ito ay ipinakilala ni Jesus ang kalagayan ng mga pinunong Hudyo. Ang mga saserdote, mga eskriba at mga pinuno ay hindi na makaahon sa balaho ng mga seremonya at mga sali't saling sabi. Ang mga puso nila ay umimpis at natuyong gaya ng mga balat na sisidlang pinaghalimbawaan Niya sa kanila. At habang sila'y nasisiyahan na sa isang legal na relihiyon, ay hindi sila maaaring maging mga lagakan o taguan ng nabubuhay na katotohanan ng langit. Inakala nilang sa-pat-na-sapat na ang sarili nilang katwiran, at hindi na nila nais magpapasok sa kanilang relihiyon ng isang bagong elemento. Ang mabuting kalooban ng Diyos sa mga tao ay hindi nila tinanggap bilang isang bagay na bukod o hiwalay sa kanilang mga sarili. Ito'y iniugnay o ikinabit nila sa sarili nilang kagalingan dahil sa mabubuti nilang gawa. Ang pananampalatayang gumagawa sa pamamagitan ng pag-ibig at lumilinis ng kaluluwa ay hindi maaaring makiisa sa relihiyon ng mga Pariseo, na binubuo ng mga seremonya at mga utos ng mga tao. Ang pagsisikap na isama
[380] ang mga aral ni Jesus sa nakatatag na relihiyon ay mabibigo. Ang nabubuhay na katotohanan ng Diyos, katulad ng permentadong alak, ay magpapa-putok sa luma at marurupok na sisidlan ng sali't saling sabi ng mga Pariseo.

Ang akala ng mga Pariseo ay napakarurunong na sila at hindi na sila kailangang turuan pa, akala pa rin nila ay sila'y totoong banal na upang mangailangan pa ng kaligtasan, na sila'y totoong napakamararangal na upang kailanganin ang parangal na buhat kay Kristo. Iniwan sila ng Tagapagligtas upang humanap ng mga ibang

ta-tanggap ng pabalita ng langit. Sa di-nag-aral na mga mangingisda, sa maniningil ng buwis na nasa pamilihan, sa babaing taga-Samaria, at sa karaniwang mga tao na buong kagalakang nakinig sa Kaniya, ay natagpuan Niya ang Kaniyang mga bagong sisidlang balat para sa bagong alak. Ang mga kasangkapang gagamitin sa gawain ng ebanghelyo ay ang mga kaluluwang buong kagalakang nagsisitanggap ng liwanag na ipinadadala sa kanila ng Diyos. Ang mga ito ang Kaniyang mga kinakasangkapan upang maibigay ang pagpapakilala ng katotohanan sa sanlibutan. Kung sa pamamagitan ng biyaya ni Kristo ay magiging mga bagong sisidlang balat ang Kaniyang bayan, ay pupunuin Niya sila ng bagong alak.

Ang aral ni Kristo, kung bagama't itinutulad sa bagong alak, ay hindi naman isang bagong doktrina, kundi paghahayag lamang niyaong itinuro na buhat pa nang pasimula. Datapwa't sa mga Pariseo ay nawala ang orihinal nitong kahulugan at kagandahan. Sa ganang kanila ang turo o aral ni Kristo ay bagung-bago sa lahat ng paraan, kaya hindi nila kinilala at hindi tinanggap.

Ipinaliwanag ni Jesus na may kapangyarihan ang maling turo na sirain ang pagpapahalaga at pagnanasa ng tao sa katotohanan. "Walang taong nakainom ng alak na laon," wika Niya, "ay iibig sa alak na bago: sapagka't sasabihin niya, Mabuti ang laon." Ang lahat ng katoto-hanang ibinigay sa sanlibutan sa pamamagitan ng mga patriarka at mga propeta ay nagliwanag na may bagong kagandahan nang iyon ay salitain ni Kristo. [381] Nguni't ang mga eskriba at mga Pariseo ay walang pagnanasa sa mahalagang alak na bago. Hanggang hindi nila iniiwan ang dating mga sali't saling sabi, mga kinaugalian, at mga gawain, ay hindi nila matatanggap sa isip o sa puso ang mga turo ni Kristo. Nangunyapit sila sa mga patay na porma o mga seremonya, at nagsitalikod sa nabubuhay na katotohanan at kapangyarihan ng Diyos.

Ito ang dahilan ng pagkapahamak ng mga Hudyo, at siya rin namang ikapapahamak ng maraming kaluluwa sa ating kapanahunan. Libu-libo ang gumagawa ng pagkakamali ring iyon na ginawa ng mga Pariseong sinuwatan ni Kristo sa piging ni Mateo. Sa halip na iwan ang sariling kinikimkim na paniniwala, o kaya'y itakwil ang dinidiyos na opinyon, ay marami ang tumatanggi sa katotohanang nagmumula sa Ama ng liwanag. Sa sarili nila sila nagtitiwala, at sila'y umaasa sa sarili nilang karunungan, at hindi nila nadarama ang

kanilang espirituwal na karukhaan. Iginigiit nilang sila'y maliligtas sa anumang paraan kung sila'y gagawa ng mabuting gawa. At pagka nakikita nilang walang paraan upang maisama ang sarili sa gawain, ay tinatanggihan nila ang kaligtasang ibinibigay.

Ang isang legal na relihiyon ay di-kailanman makapaglalapit ng mga kaluluwa kay Kristo; sapagka't ito ay isang relihiyong walang pag-ibig at walang Kristo. Ang pag-aayuno at pananalangin na ginagawa sa pamamagitan ng diwang nag-aaring-ganap sa sarili ay karumal-dumal sa paningin ng Diyos. Ang banal na kapulungan sa pagsamba, ang paulit-ulit na mga seremonyang panrelihiyon, ang panlabas na pagpapakumbaba, at ang marangyang paghahain, ay nagpapahayag na ang gumagawa ng mga bagay na ito ay nagpapalagay na siya'y matwid, at karapat-dapat sa langit; subali't ito ay
[382] kadayaan lamang. Ang kaligtasan ay hindi natin mabibili kailanman sa pamama-gitan ng sarili nating mga gawa..

Kung paano noong mga kaarawan ni Kristo, ay gayun-din ngayon; hindi nalalaman ng mga Pariseo ang pagsa-salat nilang ukol sa espiritu. Sa kanila ay dumarating ang pabalitang, "Sapagka't sinasabi mo, Ako'y mayaman, at nagkamit ng kayamanan, at hindi ako nangangailangan ng anuman; at hindi mo nalalamang ikaw ay aba, at maralita, at dukha, at bulag, at hubad: ipinapayo Ko sa iyo na ikaw ay bumili sa Akin ng gintong dinalisay ng apoy, upang ikaw ay yumaman; at ng mapuputing damit, upang iyong maisuot, at upang huwag mahayag ang iyong kahiya-hiyang kahubaran." Apocalipsis 3:17, 18. Ang pananampalataya atpag-ibig aysiyang gintongdinalisay ng apoy. Datapwa't sa ganang marami ang ginto ay kumupas na, at ang kayamanan ay naubos na. Sa ganang kanila ang katwiran ni Kristo ay tulad sa damit na di-isinusuot, at isang bukal na di-ginagalaw. Kaya sa kanila'y sinasabi, "Mayroon Akong laban sa iyo, na iyong iniwan ang iyong unang pag-ibig. Kaya't alalahanin mo kung saan ka nahulog, at magsisi ka, at gawin mo ang iyong mga unang gawa; o kung hindi ay paririyan Ako sa iyo agad, at aalisin Ko ang iyong kandelero sa kaniyang kinala-lagyan, maliban na magsisi ka." Apocalipsis 2:4, 5.

"Ang mga hain sa Diyos ay bagbag na loob: isang bagbag at may pagsisising puso, Oh Diyos, ay hindi Mo wawalaing kabuluhan." Awit 51:17. Dapat munang hub-din ng tao ang buong sarili bago siya maging isang lubos na mananampalataya kay Jesus. Pagka itinakwil

na ng tao ang kaniyang sarili, ay saka pa laman'g siya maga-gawa ng Panginoon na isang bagong nilalang. Mga bagong sisidlang balat ang malalamnan ng bagong alak. Ang pag-ibig ni Kristo ay magbibigay sa sumasampala-taya ng bagong buhay. At sa kaniya na tumitingin sa Maygawa at Sumasakdal ng ating pananampalataya ay mahahayag ang likas ni Kristo. [383]

# Kabanata 29—Ang Sabbath

Ang sabbath ay pinabanal noong panahon ng paglalang ng ito'y italaga para sa tao, nagkaroon ito ng kaniyang pasimula noong "magsiawit na magkakasama ang mga bituing pang-umaga, at ang lahat ng mga anak ng Diyos ay naghiyawan sa kagalakan." Job. 38:7. Kapayapaan ang lumukob noon sa ibabaw ng sanlibutan; sapagka't ang lupa ay katugma ng langit. "Nakita ng Diyos ang lahat ng Kaniyang nilikha, at narito, napaka-buti;" at Siya'y namahingang naliligayahan sa pagkatapos ng Kaniyang gawain. Genesis 1:31.

Sapagka't nagpahinga Siya sa Sabbath, "binasbasan ng Diyos ang ikapitong araw, at Kaniyang ipinangilin"—ito'y ibinukod upang gamitin sa kabanalan. Ibinigay Niya ito kay Adan bilang isang araw ng pamamahinga. Ito'y isang tagapagpaalaala ng gawang paglalang, kaya nga ito'y tanda ng kapangyarihan ng Diyos at ng Kaniyang pag-ibig. Sinasabi ng Kasulatan, "Kaniyang ginawa ang Kaniyang mga kababalaghang gawa upang alalaha-nin." "Ang mga bagay na ginawa" ay nagpapahayag ng "mga bagay Niyang hindi nakikita buhat pa nang lalangin ang sanlibutan," "maging ang walang-hanggan Niyang kapangyarihan at pagka-Diyos." Genesis 2:3; Awit 111:4;
[384] Roma 1:20.

Lahat ng mga bagay ay nilikha ng Anak ng Diyos. "Nang pasimula Siya ang Verbo, at ang Verbo ay sumasa Diyos. ... Ang lahat ng mga bagay ay ginawa sa pama-magitan Niya; at alinman sa lahat ng ginawa ay hindi ginawa kung wala Siya." Juan 1:1-3. At yayamang ang Sabbath ay isang tagapagpaalaala ng ginawang paglalang, ito ay tanda ng pag-ibig at kapangyarihan ni Kristo.

Ang Sabbath ang nag-aanyaya sa ating mga isip na pansinin ang katalagahan, at nag-aakay sa atin na kausapin ang Maylalang. Sa awit ng ibon, sa langitngit ng mga punungkahoy, at sa awit ng karagatan, ay maririnig pa rin natin ang tinig Niyang nakipag-usap kay Adan sa halamanan ng Eden sa kulimlim ng araw. At kapag ating namamasdan ang Kaniyang kapangyarihang nahahayag sa katalagahan ay nakakasumpong tayo ng kaaliwan, sapagka't ang

Salita o Verbo na lumikha ng lahat ng mga bagay ay siya rin na nagsasalita ng ikabubuhay ng kaluluwa. Ang "Diyos na nagsabi, Magniningning ang ilaw sa kadiliman, ay siyang nagniningning sa aming mga puso, upang magbigay ng liwanag ng pagkakilala sa kaluwalhatian ng Diyos sa mukha ni Jesukristo." 2 Corinto 4:6.

Ang isipang ito ang pumukaw sa awit na—

"Ikaw, Panginoon, Iyong pinasaya ako sa Iyong gawa;
Ako'y magtatagumpay sa mga gawa ng Iyong mga kamay.
Kaydakila ng Iyong mga gawa, Oh Panginoon!
At ang Iyong mga pag-iisip ay totoong malalim."

Awit 92:4, 5

At ang Espiritu Santo sa pamamagitan ng propeta Isaias ay nagpahayag: "Kanino nga ninyo itutulad ang Diyos? o anong wangis ang iwawangis ninyo sa Kaniya? ... Hindi ba ninyo naalaman? hindi ba ninyo narinig? hindi ba nasaysay sa inyo mula nang una? hindi ba nasaysay sa inyo bago nalagay ang mga patibayan ng lupa? Siya [385] ang nakaupo sa balantok ng lupa, at ang mga na-nanahan doon ay parang mga balang; siyang nagladlad ng langit na parang tabing, at iniladlad na parang tolda upang tahanan. ... Kanino nga ninyo itutulad Ako, upang makaparis Ako niya? sabi ng Banal. Itingin ninyo ang inyong mga mata sa itaas, at tingnan ninyo kung sinong lumikha ng mga bagay na ito, na tinutuos ang kanilang hukbo ayon sa bilang: tinatawag Niya sila sa pangalan sa pamamagitan ng kadakilaan ng Kaniyang kapangyarihan, at dahil sa Siya'y malakas sa kapangyarihan, ay walang nagkukulang. Bakit sinasabi mo, Oh Jacob, at sinasalita mo, Oh Israel, Ang daan Ko ay lingid sa Panginoon, at nilalagpasan ng aking Diyos ang kahatulan ko? Hindi mo baga naalaman? hindi mo baga narinig? ang walang-hanggang Diyos, ang Panginoon, ang Maylalang ng mga wakas ng lupa, hindi nanlalata, o napapagod man? ... Siya'y nagbibigay ng lakas sa mahina; at ang walang kapangyarihan ay pinananagana Niya sa kalakasan." "Huwag kang matakot; sapagka't Ako'y sumasaiyo: huwag kang manlupaypay; sapagka't Ako'y iyong Diyos: Aking palalakasin ka; oo, Aking tutulungan ka; oo, Aking aalalayan ka ng kanang kamay ng Aking katwiran." "Kayo'y magsitingin sa Akin, at kayo'y

mangaliligtas, lahat na taga-wakas ng lupa: sapagka't Ako'y Diyos, at walang iba liban sa Akin." Ito ang pabalitang nasusulat sa katalagahan, na itinadhana ng Diyos na ipa-alaala ng Sabbath o Sabado. Nang pagbilinan ng Panginoong Diyos ang Israel na ipangilin ang Kaniyang mga Sabbath, ay sinabi Niya, "Ito'y magiging tanda sa Akin at sa inyo, upang inyong maalaman na Ako ang Panginoon ninyong Diyos." Isaias 40:18-29; 41:10; 45:22; Exekiel 20:20.

Ang Sabbath ay ipinaloob sa kautusang iniabot o ibinigay sa Sinai; nguni't hindi ito unang ipinakilala bilang araw ng kapahinga-
[386] han. Alam na ito ng bayang Israel bago pa sila dumating sa Sinai. Sa daan pa lamang na patungo doon ay ipinangilin na ang Sabbath. Nang ito'y lapastanganin ng iba, ay sinaway sila ng Panginoon, na sinasabi, "Hanggang kailan tatanggihan ninyong ganapin ang Aking mga utos at ang Aking mga kautusan?" Exodo 16:28.

Ang Sabbath ay hindi para sa Israel lamang, kundi para sa buong sanlibutan din naman. Ipinaalam na ito sa tao doon pa sa Eden, at, katulad ng iba pang mga utos ng Dekalogo, ito'y hindi maaaring lumipas. Tungkol sa kautusang yaon ng Sampung Utos na ang ikaapat ay ang ukol sa pangingilin ng Sabbath, ay ganito ang sabi ni Kristo, "Hanggang sa mawala ang langit at ang lupa, ang isang tuldok o ang isang kudlit ay hindi mapapawi sa kautusan sa anumang paraan." Hangga't namamalagi ang mga langit at ang lupa, ay mamamalagi rin ang Sabbath na isang tanda ng kapangyarihan ng Manlalalang. At pagka natayo nang muli sa lupa ang Eden, ang banal na araw na ipinagpahinga at ipinangilin ng Diyos ay pararangalan ng lahat na tumatahan sa ilalim ng araw. "Mula sa isang Sabbath hanggang sa panibago," ang mga tumatahan sa niluwalhating bagong lupa ay "paroroon upang sumamba sa harap Ko, sabi ng Panginoon." Mateo 5:18; Isaias 66:23.

Walang ibang institusyong ipinagkatiwala sa mga Hudyo na lubhang nagpatangi't nagpabukod sa kanila sa ibang mga nakapaligid na bansa na di-gaya ng Sabbath. Itinadhana ng Diyos na ang pangingilin nito ay siyang magpapakilala sa kanila na sila'y mga sumasamba sa Kaniya. Ito'y dapat maging isang tanda ng kanilang pag-kakahiwalay sa pagsamba sa mga diyus-diyosan, at ng kanilang pagkakaugnay sa tunay na Diyos. Nguni't upang maipangilin o maingatang banal ang Sabbath, ang mga tao ay dapat munang magpakabanal. Dapat silang tumanggap ng katwiran ni Kristo sa

pamamagitan ng pananampalataya. Nang ang utos ay ibigay sa Israel na, "Alalahanin mo ang araw ng Sabbath upang ipangilin," ay [387] sinabi rin ng Panginoon sa kanila, "Kayo'y magpakabanal na tao sa Akin." Exodo 20:8; 22:31. Sa ganitong paraan lamang maibubukod o maitatangi ng Sabbath ang Israel bilang mga sumasamba sa Diyos.

Nang ang mga Hudyo'y humiwalay sa Diyos, at nang hindi nila tanggapin ang katwiran ni Kristo sa pamama-gitan ng pananampalataya, ay nawalan na ng halaga sa kanila ang Sabbath. Pinagsisikapan ni Satanas na ibunyi ang sarili niya at ihiwalay ang mga tao kay Kristo, at gumagawa siya upang sirain ang Sabbath, sapagka't ito ang tanda ng kapangyarihan ni Kristo. Sinunod ng mga pinunong Hudyo ang kalooban ni Satanas nang tambakan nila ang araw na ipinagpahinga ng Diyos ng mga pampabigat na utos. Noong kapanahunan ni Kristo ay lubhang nasira ang Sabbath na anupa't ang pangingilin nito ay kaaaninagan ng likas na kasakiman at ng kabalasikan ng mga tao sa halip na likas ng mapagmahal na Amang nasa langit. Parang ipinakilala ng mga rabi na ang Diyos ay nagbibigay ng mga utos na hindi kayang talimahin ng mga tao. Pinapaniwala nila ang mga tao na ang Diyos ay malupit, at isinilid sa isip ng mga ito na ang pangingilin ng Sabbath, gaya ng iniuutos Niya, ay nagpatigas sa puso at nagpalupit sa mga tao. Ang ginawa ni Kristo ay hinawi ang mga maling palagay na ito. At bagaman sinundan Siya ng walang-awang panunuligsa ng mga rabi, hindi man lamang Siya nabalino sa kanilang mga hinihingi, kundi bagkus nagpatuloy Siya, na ipinangingilin ang Sabbath ayon sa kautusan ng Diyos.

Isang araw ng Sabbath, nang pauwi na ang Taga-pagligtas at ang mga alagad buhat sa pook ng pagsamba, ay naparaan sila sa isang bukid na hinog na ang trigo. Inabot ng hapon sa paggawa si Jesus, at habang dumaraan sa triguhan, ay nagpasimulang kumitil ng mga uhay ng trigo ang mga alagad, at kinain ang mga butil pagkaraang ligisin ang mga iyon sa kanilang mga palad. Sa karaniwang [388] araw, ang gawang ito ay hindi papansinin, sapagka't ang isang taong [389] nagdaraan sa bukid ng trigo, o halamanan, o ubasan, ay malayang makapipitas o ma-kakikitil ng anumang nais niyang kanin. Tingnan ang Deuteronomio 23:24, 25. Subali't ang paggawa nito sa araw ng Sabbath ay itinuturing na isang gawang kalapastanganan. Ang pagkitil ng trigo ay hindi lamang isang uri ng paggapas, kundi ang

pagligis din naman nito sa mga palad ay itinuturing na isang uri ng paggiik. Kaya, sa palagay ng mga rabi, ay dalawang kasalanan ito.

Karaka-rakang nagreklamo kay Jesus ang mga tiktik, na nagsasabi, "Narito, ang mga alagad Mo ay gumagawa ng hindi marapat gawin sa araw ng Sabbath."

Nang si Jesus ay paratangan ng paglabag sa pangingilin ng Sabbath sa Bethesda, ay ipinagtanggol Niya ang Kaniyang sarili sa pamamagitan ng pagsasabing Siya'y Anak ng Diyos, at Siya'y gumagawa nang naaayon sa Ama. Ngayon namang ang mga alagad ang tinutuligsa, ay binanggit Niya sa mga nagpaparatang ang mga halim-bawang buhat sa Matandang Tipan, tungkol sa mga taong gumawa sa araw ng Sabbath samantalang nagsisi-paglingkod sa Diyos.

Ipinagyayabang ng mga gurong Hudyo na sila'y marurunong sa Mga Kasulatan, at ang sagot ng Tagapaglig-tas ay isang sumbat sa kanilang di-pagkaalam ng mga Banal na Kasulatan. "Hindi baga nabasa ninyo," wika Niya, "ang ginawa ni David, nang siya'y magutom, at ang mga kasamahan niya; kung paanong siya'y pumasok sa bahay ng Diyos, at kumain ng mga tinapay na handog, ... na hindi naaayon sa kautusan na kanin ninuman kundi ng mga saserdote lamang?" "At sinabi Niya sa kanila, ginawa ang Sabbath ng dahil sa tao, at di ang tao, ng dahil sa Sabbath." "Hindi baga ninyo nabasa sa kautusan, kung papaanong sa mga araw ng Sabbath ay niwawalang-galang ng mga saserdote sa templo ang Sabbath, at hindi
[390] nangagkakasala? Datapwa't sinasabi Ko sa inyo, Na dito ay may Isang lalong dakila kaysa templo." "Ang Anak ng tao ay Panginoon din naman ng Sabbath." Lukas 6:3, 4; Marcos 2:27, 28, Mateo 12:5, 6.

Kung matwid kay David na kumain ng tinapay na itinalaga upang siya'y makapagpawing-gutom, matwid nga rin sa mga alagad na kumitil ng uhay ng trigo sa mga banal na oras ng Sabbath upang matugunan ang kanilang pangangailangan. Muli pa, ang mga saserdote ay gumawa sa templo ng lalong maraming gawain kung Sabbath kaysa ibang mga araw. Ang ganitong paggawa kung karaniwang gawain ang gagawin nila ay magiging kasalanan; subali't ang gawain ng mga saserdote ay sa paglilingkod sa Diyos. Ginagawa nila ang mga seremonyang yaon na nakaturo sa tumutubos na kapangyarihan ni Kristo, at ang paggawa nila ay natutugma sa layunin

ng Sabbath. Nguni't ngayo'y dumating na si Kristo. Ang mga alagad, sa paggawa ng gawain ni Kristo, ay nagli-lingkod sa Diyos, at ang anumang kailangang gawin sa ikatatapos ng gawaing ito ay matwid na gawin sa araw ng Sabbath.

Nais ituro ni Kristo sa Kaniyang mga alagad at sa Kaniyang mga kaaway na ang paglilingkod sa Diyos ay una sa lahat. Ang layunin ng gawain ng Diyos sa sanlibutang ito ay ang matubos ang tao; kaya nga ang ka-ilangang gawin sa araw ng Sabbath sa ikatutupad ng layuning ito ay naaayon sa kautusang ukol sa Sabbath. Pagkatapos ay pinutungan ni Jesus ang Kaniyang kat wiran sa pamamagitan ng pagsasabing Siya ang "Panginoon ng Sabbath"—Isa na nasa ibabaw ng lahat ng tanong at ng lahat ng kautusan. Pinawalang-sala ng walang-hanggang Hukom na ito ang mga alagad, na ang ginagamit ay iyon ding mga utos na ibinibintang sa kanila na nilalang nila.

Hindi pinalampas ni Jesus ang bagay na ito sa pama-magitan ng pagsaway sa Kaniyang mga kaaway. Sinabi Niyang sa pagbubulag-bulagan nila ay ipinagkamali nila ang layunin ng Sabbath. [391]
Sinabi Niya, "Kung nalalaman ninyo kung ano ang kahulugan nito, Habag ang ibig Ko, at hindi hain, ay hindi ninyo hinatulan ang mga walang-kasalanan." Mateo 12:7. Ang marami nilang mga patay na seremonya ay walang maibigay na wagas na katapatan at malumanay na pag-ibig na siyang nakikitang likas ng tunay na sumasamba sa Diyos.

Muling inulit ni Kristo ang katotohanan na ang mga paghahandog lamang ay walang halaga. Ang mga ito ang kasangkapan o mga paraan, at hindi siyang layunin. Ang layon ng mga ito ay ituro ang mga tao sa Tagapagligtas, at sa gayo'y maging kasang-ayon sila ng Diyos. Ang pinahahalagahan ng Diyos ay ang paglilingkod ng pag-ibig. Pagka ito ang nawala, ang paulit-ulit na seremonya ay sumisiphayo sa Kaniya. Ganyan din sa Sabbath. Panukala nitong maakay ang mga tao na makipag-usap sa Diyos; nguni't kung puno ang isip ng nakapapagod na mga seremonya, ay nasisira ang layunin ng Sabbath. Ang pakitang-taong pagsasagawa nito ay nagiging isang laruan lamang.

Noon namang ibang Sabbath, nang pumasok si Jesus sa sinagoga, ay nakakita Siya ng isang lalaking patay ang isang kamay. Minatyagan Siya ng mga Pariseo, na sabik makita kung ano ang Kaniyang gagawin. Talos ng Taga-pagligtas na kapag nagpagal-

ing Siya sa araw ng Sabbath ay ituturing Siyang isang manlalabag, gayunma'y hindi Siya nag-atubiling iguho ang pader ng mga utos na hango sa mga sali't saling sabi na ibinakod nila sa Sabbath. Inatasan ni Jesus ang maysakit na tumindig, at saka nag-tanong, "Katwiran baga ang gumawa ng magaling sa araw ng Sabbath, o ang gumawa ng masama? magligtas ng isang buhay, o pumatay?" Kasabihan na ng mga Hudyo na ang hindi paggawa ng mabuti, kailanma't may pagkakataon ang isang tao, ay katumbas ng paggawa ng masama; at ang hindi magligtas ng buhay ay pagpatay. Sa gayong paraan
[392] sinagupa ni Jesus ang mga rabi sa sarili nilang batayan ng pangangatwiran. "Datapwa't sila'y hindi nagsiimik. At nang Siya'y lumingap sa kanila sa palibutlibot na may galit, sapagka't ikinalungkot Niya ang katigasan ng kanilang puso, ay sinabi Niya sa lalaki, Iunat mo ang iyong kamay. At iniunat niya: at gumaling ang kaniyang kamay." Marcos 3:4, 5.

Nang Siya'y tanunging, "Matwid bagang magpagaling sa araw ng Sabbath?" ay sumagot si Jesus, "Sino kaya sa inyo, na kung mayroong isang tupa, at kung mahulog ito sa isang hukay sa araw ng Sabbath, ay hindi baga niya aabutin, at hahanguin? Gaano pa nga ang isang tao na may halaga kaysa isang tupa? Kaya't matwid na gumawa ng mabuti sa araw ng Sabbath." Mateo 12:10-12.

Hindi nangahas ang mga tiktik na sumagot kay Kristo sa harap ng maraming tao, dahil sa pangambang mapasuot sila sa masikip. Alam nilang katotohanan ang sinabi Niya. Upang huwag lamang nilang malabag ang kanilang mga sali't-saling sabi, ay pababayan nila ang tao na maghirap, samantala'y sasagipin naman nila ang isang hayop sapagka't malulugi ang may-ari. Sa ganitong paraan ipinakilala nila na lalo pang malaki ang pagmama-lasakit nila sa hayop kaysa tao, na nilalang ayon sa wangis ng Diyos. Ito ang naglalarawan ng ginagawa ng lahat na di-tunay na relihiyon. Nagsisimula ang mga ito sa hangarin ng tao na ibunyi ang sarili nang mataas kaysa Diyos, nguni't humahantong ang mga ito sa pagiging mababa pa ng tao kaysa hayop. Lahat ng relihiyong naki-kibaka laban sa kapangyarihan ng Diyos ay inaagawan ang tao ng kaluwalhatiang angkin niya noong panahong siya'y lalangin, at siyang isasauli sa kaniya sa pamamagi-tan ni Kristo. Bawa't di-tunay na relihiyon ay nagtuturo sa mga kapanalig nito na maging pabaya sa mga panga-ngailangan, mga paghihirap, at mga karapatan ng tao. Ang ebanghelyo naman ay

nag-uukol ng mataas na pagpapahalaga sa tao palibhasa'y binili ng dugo ni Kristo, at ito'y nagtuturo ng magiliw na pag-aasikaso sa mga [393] pangangailangan at mga kaabaan ng tao. Sinasabi ng Panginoon, "Aking gagawin na ang tao ay maging mahalaga kaysa dalisay na ginto; samakatwid baga'y ang tao na higit kaysa dalisay na ginto ng Ophir." Isaias 13:12.

Nang ibaling naman ni Jesus sa mga Pariseo ang tanong na kung matwid kaya sa araw ng Sabbath na gumawa ng mabuti o ng masama, na magligtas ng buhay o pumatay, ay iniharap Niya sa kanila ang sarili nilang masasamang panukala. Inuusig nila ang Kaniyang buhay nang may matinding poot, samantalang nagliligtas naman Siya ng buhay at naghahatid ng kaligayahan sa mga karamihan. Higit kayang mabuti ang pumatay sa araw ng Sabbath, gaya ng pinapanukala nilang gawin, kaysa magpagaling ng mga may karamdaman, gaya ng ginawa naman Niya? Higit kayang katwiran na magkimkim sa puso ng diwa ng pagpatay sa banal na araw ng Diyos kaysa umibig sa lahat ng mga tao, na nahahayag sa mga gawa ng kaawaan?

Sa pagkakapagpagaling ni Jesus sa taong may patay na kamay, ay pinuna Niya ang kaugalian ng mga Hudyo, at pinamalagi Niyang nakatayo ang ikaapat na utos gaya nang ibigay ito ng Diyos. "Matwid na gumawa ng mabuti sa araw ng Sabbath," ang wika Niya. Sa pagpawi Niya sa mga walang-saysay na pagbabawal ng mga Hudyo, ay pinarangalan Niya ang Sabbath, samantalang ang mga nagsisitutol sa Kaniya ay siyang lumapastangan sa banal na araw ng Diyos.

Yaong mga naniniwala na pinawi ni Kristo ang kautusan ay nagtuturo na nilabag Niya ang Sabbath at Kaniyang binigyang-katwiran ang Kaniyang mga alagad sa paggawa rin nito. Kaya ang katwiran nila ay tulad din ng sa mapagtutol na mga Hudyo. Sa ganito ay sinalungat nila ang sariling patotoo ni Kristo, na nagsabing, "Aking tinupad ang mga utos ng Aking Ama, at Ako'y nananatili sa Kaniyang pag-ibig." Juan 15:10. Hindi nilabag ng Tagapagligtas ni ng mga alagad man Niya ang kautusan tungkol sa Sabbath. Si Kristo [394] ang nabubuhay na kinatawan ng kautusan. Ni isa mang paglabag sa mga banal na utos ay hindi nasumpungan sa Kaniyang kabuhayan. Sa pagtingin Niya sa bansang nakasaksi ng Kaniyang mga ginawa na nagsisikap makasumpong ng pagka-kataon upang mahatulan Siya,

ay hinamon Niya sila, "Sino sa inyo ang makasusumbat sa Akin tungkol sa kasalanan?" Juan 8:46.

Hindi naparito ang Tagapagligtas upang isaisantabi ang mga sinalita ng mga patriarka at mga propeta; sapagka't Siya na rin ang nagsalita sa mga kinatawang ito. Ang lahat ng mga katotohanan ng salita ng Diyos ay nagbuhat sa Kaniya. Nguni't ang mahalagang hiyas na ito ay inilagay sa mga maling lugar. Ang mahalaga nilang liwanag ay naipaglilingkod sa kamalian. Hinangad ng Diyos na alisin ang mga ito sa mga maling kinalalagyan at ilipat sa lugar ng katotohanan. Kamay lamang ng Diyos ang makagagawa ng gawaing ito. Dahil sa pagkakaugnay nito sa kamalian, ang katotohanan ay naglilingkod sa gawain ng kaaway ng Diyos at ng tao. Naparito si Kristo upang ilipat ito sa lugar na makakaluwalhati sa Diyos, at maka-gagawa sa ikaliligtas ng mga tao.

"Ginawa ang Sabbath nang dahil sa tao, at di ang tao nang dahil sa Sabbath," wika ni Jesus. Ang mga institusyong itinatag ng Diyos ay para sa kapakinabangan ng sangkatauhan. "Ang lahat ng mga bagay ay dahil sa inyo." "Kahit si Pablo, kahit si Apolos, kahit si Cefas, kahit ang sanlibutan, kahit ang buhay, kahit ang kamatayan, kahit ang mga bagay na kasalukuyan, kahit ang mga bagay na darating; lahat ay sa inyo; at kayo'y kay Kristo; at si Kristo ay sa Diyos." 2 Cor. 4:15; 1 Corinto 3: 22, 23. Ang kautusang tinatawag na Sampung Utos, na dito'y pang-apat ang Sabbath, ay ibinigay ng Diyos sa Kaniyang bayan upang maging isang pagpapala. "Iniutos ng Panginoon sa amin," wika ni Moises, "na gawin ang lahat ng mga
[395] utos'na ito, na matakot sa Panginoon nating Diyos, sa ikabubuti natin kailanman, upang ingatan Niya tayong buhay." Deuteronomio 6:24. At sa pamamagitan naman ng mang-aawit ay ipinadala sa Israel ang pabalita, "Mangaglingkod kayo na may kasayahan sa Panginoon: magsilapit kayo sa Kaniyang harapan na may awitan. Alamin ninyo na ang Panginoon ay siyang Diyos: Siya ang lumalang sa atin, at hindi tayo sa ating mga sarili; tayo'y Kaniyang bayan, at mga tupa ng Kaniyang pastulan. Magsipasok kayo sa Kaniyang mga pintuang-daan na may pagpapasalamat, at sa Kaniyang looban na may pagpupuri." Awit 100:2-4. At sa lahat ng nag-iingat o nangingilin "ng Sabbath upang huwag lapastanganin," sabi ng Panginoon, "sila ay dadalhin Ko sa Aking banal na bundok, at papagkakatuwain Ko sila sa Aking bahay na dalanginan." Isaias 56:6, 7.

"Kaya't ang Anak ng tao ay Panginoon din naman ng Sabbath." Ang mga salitang ito ay lipos ng turo at aliw. Dahil sa ang Sabbath ay ginawa para sa tao, ito ay araw ng Panginoon. Ito ay kay Kristo. Sapagka't "ang lahat ng mga bagay ay ginawa sa pamamagitan Niya; at alinman sa lahat ng ginawa ay hindi ginawa nang wala Siya." Juan 1:3. Yamang Siya ang gumawa ng lahat ng mga bagay, Siya ang gumawa sa Sabbath. Siya ang nagbukod dito bilang isang alaala ng ginawang paglalang. Ito ang nagtuturo na Siya ang Manlalalang at Tagapagpabanal. Ipinahahayag nito na Siya na lumalang ng lahat ng mga bagay sa langit at sa lupa, at umaalalay sa lahat ng mga bagay na magkakasama, ay siyang Pangulo ng iglesya, at sa pamamagitan ng Kaniyang kapangyarihan ay naiipa-kipagkasundo Niya tayo sa Diyos. Sapagka't, sa pagsasalita Niya tungkol sa Israel, ay Kaniyang sinabi, "Ibinigay Ko rin naman sa kanila ang Aking mga Sabbath, upang maging tanda sa Akin at sa kanila, upang kanilang makilala na Ako ang Panginoon na nagpapaging banal sa kanila"—na binabanal sila. Ezekiel 20:12. Samakatwid ang Sabbath ay isang tanda ng kapangyarihan ni Kristo na magpapabanal sa [396]
atin. At ito'y ibinibigay sa lahat na mga pinababanal ni Kristo. Bilang isang tanda ng Kaniyang nagpapabanal na kapangyarihan, ang Sabbath ay ibinibigay sa lahat na sa pamamagitan ni Kristo ay nagiging kasama ng Israel ng Diyos.

At sinasabi ng Panginoon, "Kung iyong iurong ang iyong paa sa Sabbath, sa paggawa ng iyong kalayawan sa Aking banal na kaarawan; at iyong tawagin ang Sabbath na kaluguran, ang banal ng Panginoon, na marangal; ... kung magkagayo'y malulugod ka nga sa Panginoon." Isaias 58:13, 14. Sa lahat na tumatangap sa Sabbath bilang isang tanda ng lumalalang at tumutubos na kapangyarihan ni Kristo, ito ay magiging isang kaluguran. Palibhasa'y nakikita nila si Kristo dito, nalulugod sila sa Kaniya. Itinuturo sa kanila ng Sabbath ang mga ginawa sa paglalang bilang isang katunayan ng Kaniyang malakas na kapangyarihang makatubos. Bagaman ipinaaalaala nito ang nawalang kapayapaan ng Eden, sinasabi naman nito ang tungkol sa kapayapaang isinasauli sa pamamagitan ng Tagapagligtas. At lahat ng bagay na nakikita sa katalagahan ay ulit-ulit na nagsasabi ng Kaniyang paanyaya, "Magsiparito sa Akin, kayong lahat na nangapapagal at nangabibigatang lubha, at kayo'y Aking papagpapahingahin." Mateo 11:28. [397]

## Kabanata 30—Naghalal Siya ng Labindalawa

Ang kabanatang ito ay batay sa Marcos 3:13-19; Lukas 6:12-16.

"At siya'y umahon sa bundok, at tinawag Niya ang balang Kaniyang maibigan: at nagsilapit sila sa Kaniya. At naghalal (nagtalaga) Siya ng labindalawa, upang sila'y makisama sa Kaniya, at upang sila'y suguin Niyang magsipangaral."

Sa lilim ng mayayabong na punungkahoy sa tabi ng bundok, nguni't malayu-layo nang kaunti sa Dagat ng Galilea, ay doon tinawag upang maging mga apostol ang Labindalawa, at doon binigkas ang Sermon sa Bundok. Mga bukid at mga gulod ang malimit dayuhin ni Jesus, at ang marami sa Kaniyang mga pagtuturo ay ginawa sa silong ng maaliwalas at bukas na langit, sa halip na sa templo o mga sinagoga. Walang sinagogang makapag-lalaman ng mga karamihang nagsisunod sa Kaniya; nguni't hindi ito lamang ang dahilan kaya Niya piniling magturo o mangaral sa kabukiran at kakahuyan. Mahilig si Jesus sa mga tanawin ng katalagahan. Sa Kaniya ang bawa't tahimik na pook ay isang banal na templo.

Lilim ng mga punungkahoy sa Eden ang piniling santuwaryo ng mga unang tao sa lupa. Doo'y nakipag-usap si Kristo sa ama ng sangkatauhan. At nang palayasin na sa Paraiso, ang ating unang mga magulang ay sa mga kabukiran at mga kakahuyan pa rin nagsisamba,
[398] at doon ay nakipagtagpo si Kristo sa kanila taglay ang ebanghelyo ng Kaniyang biyaya. Si Kristo ang nakipag-usap kay Abraham sa ilalim ng mga punong ensina sa Mamre; kay Isaae nang ito'y lumabas upang manalangin sa bukid nang nagdadapithapon; kay Jacob sa gilid ng burol sa Bethel; kay Moises sa gitna ng mga bundok ng Midian; at sa batang si David nang binabantayan nito ang kaniyang mga tupa. Dahil sa pagsunod sa tagubilin ni Kristo kaya ang bansang Hebreo sa loob ng sanlibo't limangdaang taon ay umaalis ng kanilang mga tahanan nang sanlinggo taun-taon, at tumatahan sa mga garita na binubuo ng mga luntiang sanga "ng magagandang punungkahoy, ng mga sanga ng mga punong palma,

at ng mga sanga ng mayayabong na punungkahoy, at ng mga sause ng batis." Levitico 23:40.

Sa pagtuturo ni Jesus sa Kaniyang mga alagad, ay pinili Niya ang tahimik na mga bukid at mga burol sa labas ng magulong siyudad, bagay na lalong natutugma sa mga aral ng pagpipigil at pagkakait sa sarili na hangad Niyang ituro sa kanila. At sa panahon ng Kaniyang ministeryo ay naiibigan Niyang tipunin ang mga tao sa palibot Niya sa silong ng bughaw na langit, sa madamong gilid ng burol, o kaya'y sa tabi ng dagat. Dito, sa palibot ng mga gawang sarili Niyang likha, ay naiba-baling Niya ang isip ng mga nakikinig sa Kaniya sa mga bagay na katutubo at nailalayo sa mga bagay na artipisyal. Sa pagtubo at paglaki ng kalikasan ay nahahayag ang mga simulain ng Kaniyang kaharian. Kapag itina-naw ng mga tao ang kanilang mga mata sa mga burol na gawa ng Diyos, at namasdan ang mga kahanga-hangang gawa ng Kaniyang mga kamay, ay maaari silang matuto ng mahahalagang aral ng banal na katotohanan. Ang mga aral ni Kristo ay uulitin sa kanila ng mga bagay ng katalagahan. Ganyan din ang mangyayari sa mga taong nagtutungo sa mga kabukiran na taglay si Kristo sa kanilang mga puso. Madarama nilang sila'y
napapaligiran ng isang banal na impluwensiya. Ang mga talinhaga [399]
ng ating Panginoon ay napapasa mga bagay ng katalagahan, at inuulit ang Kaniyang mga payo. Sa pamamagitan ng pa-kikipag-usap sa Diyos sa gitna ng katalagahan, ay naa-angat ang isip, at nakakasumpong ng kapahingahan ang puso.

Gagawin ngayon ang unang hakbang sa pag-aayos ng iglesya na magiging kinatawan ni Kristo pag-alis Niya sa lupa. Wala silang magamit na magandang santuwaryo, kaya dinala ng Tagapagligtas ang Kaniyang mga alagad sa pinakamahal Niyang panalanginan, at sa kanilang mga isipan ang mga banal na karanasan nang araw na yaon ay magpakailanmang napaugnay sa kagandahan ng bundok at ng kapatagan at ng karagatan.

Tinawag ni Jesus ang Kaniyang mga alagad upang maisugo Niya sila bilang mga saksi Niya, upang ipahayag sa sanlibutan ang mga nakita at narinig nila sa Kaniya. Ang kanilang tungkulin ay siyang pinakamataas at pina-kamahalaga sa lahat ng mga naibigay na sa mga tao, at pangalawa lamang kay Kristo. Sila'y dapat maging mga manggagawang kasama ng Diyos sa pagliligtas ng sanlibutan. Kung paanong sa panahon ng Matandang Tipan ay tumatayong mga

kinatawan ng Israel ang labindalawang patriarka, gayundin naman ang labindalawang apostol ay dapat tumayong mga kinatawan ng iglesya ng ebanghelyo.

Kilala ng Tagapagligtas ang likas ng mga taong pinili Niya; lahat nilang mga kahinaan at mga kamalian ay hayag sa Kaniyang paningin; talastas Niya ang mga panganib na kanilang daraanan, at ang kapanagutang mababababaw sa kanila; at kinasasabikan ng Kaniyang puso ang mga hinirang Niyang ito. Mag-isang ginugol Niya ang magdamag sa pananalangin para sa kanila doon sa bundok na malapit sa Dagat ng Galilea, habang sila nama'y nangatutulog
[400] sa paanan ng bundok. Sa unang silahis ng pagbubukang-liwayway ay tinawag na Niya sila upang makipagtagpo sa Kaniya; sapagka't mayroon Siyang mahalagang bagay na ipatatalastas sa kanila.

May ilang panahon ding nakasama ni Jesus sa pag-gawa ang mga alagad na ito. Si Juan at si Santiago, si Andres at si Pedro, pati si Felipe, si Natanael, at si Mateo, ay naging lalong malapit na kaugnay Niya kaysa iba, at nakasaksi ng marami Niyang mga kababalaghan. Si Pedro, si Santiago, at si Juan ay mga lalo pa manding malapit sa Kaniya. Sila'y halos laging kasama Niya, na nakasasaksi ng Kaniyang mga kababalaghan, at nakari-rinig ng Kaniyang mga salita. Nguni't lalong napakatalik ang pagkakalapit ni Juan kay Jesus, na anupa't ito'y nakilala bilang siyang iniibig ni Jesus. Silang lahat ay ini-ibig ng Tagapagligtas, subali't si Juan ay may diwang madaling tumugon. Bata ito kaysa iba, at taglay ang pag-titiwala ng bata na binuksan nito ang puso kay Jesus. Kaya ito'y lalong napamahal kay Kristo, at sa pama-magitan nito ang pinakamalalim na turong espirituwal ng Tagapagligtas ay naipatalastas sa Kaniyang bayan.

Sa unahan ng isa sa mga pulutong na sa mga iyon nagkahati-hati ang mga apostol ay nakalagay ang pangalan ni Felipe. Siya ang unang alagad na pinag-ukulan ni Jesus ng malinaw na utos na, "Sumunod ka sa Akin." Si Felipe ay taga-Bethsaida, kababayan ni Andres at ni Pedro. Nakapakinig siya ng pangangaral ni Juan Bautista, at napakinggan niya ang ipinahayag niyon na si Kristo ay siyang Kordero ng Diyos. Si Felipe ay tunay na naghahanap ng katotohanan, nguni't makupad siya sa paniniwala. Bagama't nakisama na siya kay Kristo, gayunman ang ipinahayag niya kay Natanael tungkol kay Jesus ay nagpapakilalang hindi pa rin siya lubusang naniniwala sa pagka-Diyos Nito. Bagama't si Kristo ay itinanyag ng

tinig na buhat sa langit na siyang Anak ng Diyos, kay Felipe Siya ay "si Jesus na taga-Nazareth, ang anak ni Jose." Juan 1:45. Muli pa, nang pakanin ang limang libo, ay nahayag ang kakulangan ng [401]
pananam-palataya ni Felipe. Upang siya ay subukin kaya si Jesus ay nagtanong, "Saan tayo bibili ng tinapay, upang mangakakain ang mga ito?" Ang sagot ni Felipe ay nasa panig ng di-nananampalataya: "Hindi magkakasiya sa kanila ang dalawandaang denaryong tinapay, upang makakain nang kaunti ang bawa't isa." Juan 6:5, 7. Nalungkot si Jesus. Bagama't nakita na ni Felipe ang Kaniyang mga gawa at naramdaman ang Kaniyang kapangyarihan, gayunma'y wala pa rin itong pananampalataya. Nang magtanong kay Felipe ang mga Griyego tungkol kay Jesus, hindi nito sinamantala ang pagkakataon na ma-ipakilala sa mga ito ang Tagapagligtas, kundi tinawag pa nito si Andres. At muli pa, nang sumapit ang mga huling oras bago mabayubay sa krus si Jesus, ang mga salita ni Felipe ay nakapagpahina ng pananampalataya. Nang sabihin ni Tomas kay Jesus, "Panginoon, hindi namin nalalaman kung saan Ka paroroon; at paano ngang malalaman namin ang daan?" ay sumagot ang Tagapagligtas, "Ako ang daan, ang katotohanan, at ang buhay. ... Kung Ako'y nangakilala ninyo, ay mangakikilala ninyo ang Aking Ama." Sa mga labi naman ni Felipe ay namulas ang sagot ng di-nananampalataya: "Panginoon, ipakita Mo sa amin ang Ama, at sukat na ito sa amin." Juan 14:5-8. Napakakupad ng puso, napakahina ng pana-nampalataya, ay ang alagad na iyan na sa loob ng tatlong taon ay nakasama ni Jesus.

Katuwas ng di-paniniwala ni Felipe ay ang tulad-sa-batang pagtitiwala naman ni Natanael. Siya'y isang taong may masugid na likas, isa na ang pananampalataya ay nanghawak sa di-nakikitang mga katotohanan. Gayunman si Felipe ay nag-aral sa paaralan ni Kristo, at matiyagang pinagtiisan ng Gurong Diyos ang kaniyang di-paniniwala at ang kaniyang kapurulan. Nang ibuhos sa mga alagad ang Espiritu Santo, si Felipe ay naging isang gurong pinili ng Diyos. Alam niyang tunay na kaniyang sinasalita, at nagturo siyang taglay [402]
ang katiyakan na anupa't nag-sipaniwala ang mga nangakikinig.

Samantalang inihahanda ni Jesus ang mga alagad para sa ordinasyon o pagtatalaga sa kanila, ay may isang hindi naman tinawag na kusang lumapit sa kanila. Ito ay si Judas Iseariote, isang lalaking nagpapanggap na isang tagasunod ni Kristo. Siya'y lumapit ngayon,

at hiniling na siya'y ibilang sa pulutong na ito ng mga alagad. Nasa kaniyang anyo ang wari'y malaking kasugiran at kata-patan nang kaniyang sabihing, "Guro, susunod ako sa Iyo saan Ka man pumaroon." Hindi siya tinanggihan ni tinanggap man ni Jesus, kundi pinamutawi lamang ang malungkot na pananalitang: "May mga lungga ang mga zorra, at may mga pugad ang mga ibon sa langit; datapwa't ang Anak ng tao ay walang kahiligan ang Kaniyang ulo." Mateo 8:19, 20. Naniwala si Judas na si Jesus ay si-yang Mesiyas; at siya'y umasang kung makakabilang siyang isa sa mga apostol, ay makapagtatamo siya ng mataas na tungkulin sa bagong kaharian. Ang ganitong pag-asa ay sinadyang sirain ni Jesus sa pamamagitan ng pag-sasabi Niya ng tungkol sa Kaniyang karalitaan.

Sabik naman ang mga alagad na si Judas ay mapabilang sa kanila. Siya ay may magandang tindig, isang lalaking may matalas na kaisipan at may kakayahang makapangasiwa, at pinuri nila siya sa harap ni Jesus at sinabing makatutulong siya nang malaki sa Kaniyang gawain. Nangagtaka sila nang siya'y pag-ukulan ni Jesus ng malamig na pagtanggap.

Labis na ikinabigo ng mga alagad ang hindi pagsisikap ni Jesus na hingin ang pakikipagtulungan ng mga lider sa Israel. Sa pakiramdam nila ay isang pagkakamali ang hindi paghingi ng tulong sa mga maimpluwensiyang taong ito upang mapatatag ang Kaniyang gawain. Kung tinanggihan Niya si Judas, sa isip nila'y pinag-alinlanga-nan na sana nila ang karunungan ng kanilang Panginoon. Ang
[403] naging kasaysayan ng buhay ni Judas ay magpapakilala sa kanila na mapanganib na pahintulutang maging matimbang ang makasanlibutang pagsasaalang-alang sa pagpapasiya sa kaangkupan ng mga tao para sa gawain ng Diyos. Ang pakikipagtulungan ng mga ganitong tao gaya ng kinasasabikang matamo ng mga alagad ay nagsapanganib sana sa gawain sapagka't napasakamay sana ito ng mga tampalasang kaaway.

Gayunma'y nang mapasama na si Judas sa mga ala-gad, ay nakita niya ang kagandahan ng likas ni Kristo. Naramdaman niya ang impluwensiya ng banal na kapang-yarihang yaon na nagpapalapit ng mga kaluluwa sa Tagapagligtas. Siya na naparito hindi upang baliin ang gapok na tambo ni upang patayin man ang timsim na umu-usok, ay hindi magtataboy sa kaluluwang ito habang may kaisa-isa pang nagnanais tumanggap ng liwanag. Nabasa ng Taga-

pagligtas ang puso ni Judas; alam Niya ang balon ng kasamaang kalulubugan nito, malibang hanguin o iligtas ng biyaya ng Diyos. Nang mapaugnay na ang taong ito sa Kaniya, ay inilagay Niya ito sa lugar na doon, araw-araw, ay makikita at madarama nito ang daloy ng Kaniyang sariling di-sakim na pag-ibig. Kung ito lamang ay magbubukas ng puso nito kay Kristo, ay palalayasin ng biyaya ng Diyos ang demonyo ng kasakiman, at kahit na ang isang Judas ay maaaring maging isang nasasaku-pan ng kaharian ng Diyos.

Tinatanggap ng Diyos ang mga tao sa pagiging sila, na may mga kahinaan ng tao sa kanilang likas, at sila'y tinuturuan at sinasanay para sa Kaniyang gawain, kung sila lamang ay padidisiplina at mag-aaral sa Kaniya. Hindi sila pinipili nang dahil sa sila'y mga sakdal, kundi kahit na sila'y may mga kapintasan o mga pagkukulang, upang sa pamamagitan ng pagkakilala at pagtalima sa katotohanan, sa pamamagitan ng biyaya ni Kristo, ay mabago sila ayon sa Kaniyang larawan.

Nagkaroon si Judas ng mga pagkakataong siya ring napasa ibang mga alagad. Napakinggan niya ang mahahalagang aral na siya ring [404] napakinggan nila. Subali't ang hinihingi ni Kristong pagtalima sa katotohanan, ay kala-bang-kalaban ng mga hangarin at mga panukala ni Judas, at ayaw niyang isuko ang kaniyang mga kuro-kuro upang matanggap ang karunungang buhat sa langit.

Napakagiliw na pinakitunguhan ng Tagapagligtas itong magkakanulo sa Kaniya! Sa Kaniyang pagtuturo, ay dinaliring mabuti ni Jesus ang mga simulain ng kaganda-hang-loob na pumapatay sa ugat ng pag-iimbot. Iniharap Niya kay Judas ang kalait-lait na likas ng katakawan at kasakiman, at napakadalas na nadama ng alagad na ang likas niya ang inilalarawan, at ang kasalanan niya ang tinuturol; gayunman ay ayaw niyang ipahayag at talikdan ang kaniyang kalikuan. Siya'y palalo, at sa halip na labanan ang tukso, ipinagpatuloy niyang sundin ang magdaraya niyang mga gawa. Si Kristo'y nasa harap niya, isang buhay na halimbawa ng kung magiging ano siya kung patutulong lamang siya sa Diyos; nguni't nagbingi-bingihan si Judas sa lahat ng aral.

Hindi siya pinagwikaan ni Jesus nang masakit sa kaniyang kasakiman o pag-iimbot, kundi may kabanalang pinagtiisan ang nagkakamaling lalaking ito, kahit bini-bigyan na siya ng katunayan na nababasa ni Jesus ang kaniyang puso na gaya ng isang bukas na

aklat. Iniharap sa kaniya ng Tagapagligtas ang pinakamahahalagang pam-pasigla para sa paggawa ng mabuti; at sa pagtanggi sa liwanag ng Langit, si Judas ay walang maidadahilan.

Sa halip na lumakad sa liwanag, pinili ni Judas na panatilihin ang kaniyang mga kapintasan. Masasamang hangarin, mapaghiganting damdamin, maiitim at maru-ruming isipan, ang kinimkim-kimkim ni Judas, hanggang sa lubos na makapaghari sa kaniya si Satanas. Si Judas ay naging kinatawan ng kaaway ni Kristo.

Nang siya'y mapasama kay Jesus, siya'y may ilang mahahalagang katangian ng likas na sana'y naging isang pagpapala sa iglesya.
[405] Kung inibig niyang magpasan ng pamatok ni Kristo, napabilang sana siya sa mga dakilang apostol; nguni't pinapagmatigas niya ang kaniyang puso nang turulin ang kaniyang mga kapintasan, at may pag-mamataas at paghihimagsik na pinili niya ang kaniyang mga sakim na hangarin, at sa gayong paraan ay hindi niya pinagindapat ang kaniyang sarili sa gawaing ipaga-gawa sana sa kaniya ng Diyos.

Lahat ng mga alagad ay may malulubhang kapintasan o mga pagkakamali nang sila'y tawagin ni Jesus na maglingkod sa Kaniya. Maging si Juan, na naging lubhang malapit ang loob sa pakikisama sa Isa na maamo at mapagpakumbabang-puso, ay hindi likas na maamo at napasasakop. Ito at ang mga kapatid nito ay tinawag na "mga anak ng kulog." Noong sila'y kasama ni Jesus, anumang kaunting bagay na pagpalibhasa sa Kaniya ay nagpapasiklab ng kanilang galit at paglaban. Ang kainitan ng ulo, paghihiganti, at ang diwa ng pamumuna, ay taglaytaglay na lahat ng minamahal na alagad. Siya'y mayabang, at may hangad na maging dakila sa kaharian ng Diyos. Datapwa't araw-araw, ay nakita niya ang pagkamapagmahal at ang pagpapahinuhod ni Jesus, na kasalungat na kasalungat ng kaniyang marahas na diwa, at napakinggan din niya ang mga aral tungkol sa pagpapakababa at pagtitiis. Binuksan niya ang kaniyang puso sa impluwensiya ng Diyos, at siya'y naging hindi lamang tagapakinig kundi tagatupad ng mga salita ng Tagapagligtas. Ang sarili niya'y napatago kay Kristo. Natutuhan niyang pasanin ang pamatok ni Kristo at dalhin ang Kaniyang pasan.

Sinuwatan ni Jesus ang Kaniyang mga alagad, Kaniya silang binabalaan at pinag-ingat; gayunma'y hindi Siya iniwan ni Juan at ng mga kapatid nito; pinili nila si Jesus, sa kabila ng mga pagsuwat sa kanila. Hindi naman sila iniwan ng Tagapagligtas nang dahil sa

kanilang kahinaan at mga kamalian. Nagpatuloy sila hanggang sa katapusan na nakiramay sa Kaniyang mga pagsubok at pinag-aaralan ang mga aral ng Kaniyang buhay. Sa pamamagitan ng pagtingin kay [406]
Kristo, ay nabago ang kanilang likas.

Lubhang magkakaiba ang mga ugali at likas ng mga apostol. Nariyan ang maniningil ng buwis na si LeviMateo, at ang mapusok na panatikong si Simon, ang galit na galit sa kapangyarihan ng Roma; ang magandang-loob at biglaing si Pedro, at ang may-masamang-diwang si Judas; si Tomas, na tapat ang puso, nguni't mahiyain at matatakutin; si Felipe, na makupad ang puso sa paniniwala, at mahilig mag-alinlangan; at ang ambisyoso at masalitang mga anak ni Zebedeo, kasama ang mga kapatid nila. Ang mga ito ay pinagsama-sama, na may iba't ibang mga kapintasan, lahat ay may minana at nalinang na mga hilig sa kasamaan; nguni't kay Kristo at sa pamamagitan ni Kristo ay magsasama-sama sila sa sambahayan ng Diyos, na mag-aaral maging isa sa pananampalataya, sa doktrina, at sa espiritu. Magkakaroon sila ng kani-kanilang mga pagsubok, ng paghihingahan ng kani-kanilang mga hinakdal, ng pagkakaiba-iba nila ng palagay; nguni't habang si Kristo ay tumatahan sa kanilang mga puso, ay hindi magkakaroon ng pagkakabaha-bahagi. Ang Kaniyang pag-ibig ay aakay upang sila'y mag-ibigan sa isa't isa; ang mga aral ng Panginoon ay aakay upang magka-tugma-tugma ang lahat na magkakaibang pala-palagay, at ihahantong ang mga alagad sa pagkakaisa, hanggang sa sila'y magkaroon ng iisang pag-iisip at iisang paghatol. Si Kristo ang dakilang sentro, at ang paglapit nila sa isa't isa ay maaalinsunod lamang sa paglapit nila sa sentrong si Kristo.

Nang matapos ni Kristo ang Kaniyang pagtuturo sa mga alagad, ay tinipon Niya ang maliit na pulutong na ito sa palibot Niya, at pagkapanikluhod sa gitna nila, at pagkapatong ng Kaniyang mga kamay sa mga ulo nila, ay Siya'y nagpailanlang ng isang panalangin na itinatalaga sila sa Kaniyang banal na gawain. Sa ganitong paraan [407]
itinalaga ang mga alagad ng Panginoon sa gawain ng ebanghelyo.

Bilang mga kinatawan Niya sa gitna ng mga tao, hindi pinili ni Kristo ang mga anghel na di-kailanman nagkasala, kundi ang mga taong kinapal, mga taong may mga kahinaang gaya niyaong mga hinahanap nila upang mailigtas. Ibinihis ni Kristo ang damit ng pagkatao, upang maabot Niya ang mga tao. Kinailangan ng Diyos

ang tao; sapagka't ang Diyos at ang tao ay kapwa kailangan upang maihatid ang kaligtasan sa sanlibutan. Kinailangan ng Diyos ang tao, upang ang tao'y maging isang daanan ng pag-uusap ng Diyos at ng tao. Gayundin ito sa mga lingkod at mga tagapagbalita ni Kristo. Kailangan ng tao ang isang kapangyarihang labas at higit sa kaniyang sarili, upang maibalik siya sa wangis ng Diyos, at magawa niyang gampanan ang gawain ng Diyos; subali't hindi naman ito nangangahulugang hindi na kailangang kasangkapanin ang tao. Ang tao ay nanghahawak sa kapangyarihan ng Diyos, si Kristo naman ay tumatahan sa puso sa pamamagitan ng pananampalataya; at sa pamamagitan ng pakikipagtulungan ng Diyos, ang kapangyarihan ng tao ay nagiging mabisa sa mabuti.

Siya na tumawag sa mga mangingisda ng Galilea ay tumatawag pa rin ng mga tao hanggang ngayon upang maglingkod sa Kaniya. At handa Niyang ihayag ang Kaniyang kapangyarihan sa pamamagitan natin gaya ng pagkahayag nito sa pamamagitan ng unang mga alagad. Gaano man ang ating pagiging di-sakdal at pagiging makasalanan, ay inaalok tayo ng Panginoon na maging kasama Niya, at mag-aral sa Kaniya. Inaanyayahan Niya tayo na sumailalim ng pagtuturo ng Diyos, upang, sa pakikipagkaisa kay Kristo, ay magawa natin ang mga gawa ng Diyos.

"Taglay namin ang kayamanang ito sa mga sisidlanglupa, upang ang dakilang kalakhan ng kapangyarihan ay maging mula sa
[408] Diyos, at huwag mula sa aming sarili." 2 Corinto 4:7. Ito ang dahilan kung bakit ang pangangaral ng ebanghelyo ay ipinagkatiwala sa mga taong nagkakamali sa halip na sa mga anghel. Nahahayag na ang kapangyarihang gumagawa sa pamamagitan ng kahinaan ng tao ay siyang kapangyarihan ng Diyos; at ito ang nagpapalakas ng ating loob na paniwalaan na ang kapangya-rihang nakatutulong sa iba na kasinghina natin ay makatutulong sa atin. At yaong mga "nalilibid ng kahinaan" ay dapat na "makapagtitiis na may kaamuan sa mga dinakaaalam at nangamamali." Hebreo 5:2. Palibhasa'y nagdaan na sila sa panganib, sila'y bihasa na sa mga kapanganiban at mga kahirapan ng daan, at dahil dito ay tinatawagan sila upang tumulong sa mga iba na nasa gayunding kapanganiban. May mga taong ginugulo ng pag-aalinlangan, nahihirapan sa taglay na mga karamdaman, nanghihina sa pananampalataya, at makupad maniwala sa Di-Nakikita; nguni't ang isang kaibigang naki-kita nila, na lumalapit

sa kanila sa lugar ni Kristo, ay maaaring maging isang nag-uugnay na kawing upang mapako't magtibay kay Kristo ang nanginginig nilang pananampalataya.

Dapat tayong maging mga manggagawang kasama ng mga anghel sa langit sa pagpapakilala kay Jesus sa sanlibutan. Halos inip na ang mga anghel sa paghihintay sa ating pakikipagtulungan; sapagka't tao ang dapat maki-pag-usap sa tao. At kapag ibinibigay natin ang ating mga sarili kay Kristo sa buong-pusong pagkakatalaga, ay natutuwa ang mga anghel sapagka't sila'y makapagsasalita sa pamamagitan ng ating mga tinig upang ihayag ang pag-ibig ng Diyos. [409]

# Kabanata 31—Ang Sermon sa Bundok

Ang kabanatang ito ay batay sa Mateo 5;6;7.

Bihirang tipunin ni Kristo ang mga alagad Niya nang sila-sila lamang upang tumanggap ng Kaniyang mga salita. Hindi Niya piniling maging tagapakinig Niya yaon lamang nakaaalam ng daan ng buhay. Ang Kaniyang gawain ay maabot ang maraming di-nangakaaalam at nangamamali. Ibinibigay Niya ang Kaniyang mga aral ng katotohanan sa mga pook na maririnig ng mga may nadirimlang pag-iisip. Siya na rin ang Katotohanan, na nakatayong may bigkis ang baywang at nakaunat na lagi ang mga kamay upang magpala, at sa mga salita ng pag-babababala, pamamanhik, at pagpapalakas-loob, ay sinisikap Niyang maiangat ang lahat na may ibig lumapit sa Kaniya.

Ang Sermon sa Bundok, bagama't tanging iniukol sa mga alagad, ay binigkas na naririnig ng maraming tao. Pagkatapos maitalaga (maordinahan) ang mga apostol, ay sumama si Jesus sa kanila sa tabi ng dagat. Dito umagang-umaga pa lamang ay nagpasimula nang magkatipon ang mga tao. Bukod sa karaniwang mga pulutong na buhat sa mga bayan ng Galilea, ay may mga tao pang nanggagaling sa Judea, at may mula pa sa Jerusalem; may buhat sa Perea, sa Deeapolis, sa Idumea, hanggang sa malayong timog ng Judea; at
[410] may buhat sa Tiro at Sidon, na mga lungsod ng Fenecia sa baybayin ng Mediteraneo. "Nang mabalitaan nila ang lubhang mga dakilang bagay na Kaniyang ginawa" ay sila'y "nangagsidalo upang magsipakinig sa Kaniya, at upang pagalingin sa kanilang mga sakit: ... lumabas sa Kaniya ang makapangyarihang bisa, at nagpagaling sa kanilang lahat." Marcos 3:8; Lucas 6:17-19.

Ang makitid na dalampasigan ay hindi nakasapat upang matayuan man lamang ng lahat na may nais makinig sa Kaniya, kaya pinangunahan ni Jesus ang lahat patungo sa tabi ng bundok. Pagsapit Niya sa isang patag na pook na mainam pagtipunan para sa

napakalaking kapulungan, Siya'y umupo sa damuhan at gayundin naman ang ginawa ng mga alagad at ng buong karamihan.

Ang lugar ng mga alagad ay laging katabi ni Jesus. Ang mga tao ay laging nagsisiksikan sa Kaniya, gayon ma'y talos ng mga alagad na hindi sila dapat mapalayo sa harapan Niya. Sila'y magkakatabing naupo sa paligid Niya, upang walang mawaglit na isa mang salita sa Kaniyang turo. Mabubuti silang mga tagapakinig, na kinasasabikang maunawaan ang mga katotohanang itatanyag nila sa lahat ng mga lupain at sa lahat ng mga panahon.

Taglay ang pakiramdam na mayroong higit kaysa karaniwang maaaring sabihin ang kanilang Panginoon, sila ngayo'y nagsiksikang mabuti sa paligid Niya. May paniniwala silang madali nang itatayo ang kaharian, at batay sa mga pangyayari noong umaga ay nakatitiyak sila na may gagawing pagpapahiwatig tungkol dito. Isang damdamin ng pag-asam ang naghari din naman sa karamihan, at ang kasabikang nakabadha sa mga mukha nila ay nagpatunay ng matindi nilang pananabik. Habang nangakaupo ang mga tao sa luntiang gulod, na hinihintay ang mga salita ng banal na Guro, ang kanilang mga puso ay nalipos ng mga guniguni tungkol sa hinaharap na kaluwalhatian. Naroon ang mga eskriba at mga Pariseo na [411]
nagsisiasang darating ang araw na sila naman ang makasasakop sa kinamumuhian nilang mga Romano, at sila ang magmamay-ari ng mga kayamanan at kaluwal-hatian ng dakilang imperyong pansanlibutan. Ang maralita namang mga magbubukid at mga mangingisda ay nagsiasang makakarinig ng mga salitang tumitiyak na ang mga dampa nilang tahanan, ang pagdarahop sa pagkain, hirap ng paggawa, at pag-aalaala sa pangangailangan sa buhay, ay mahahalinhan ng mga mansiyon ng kasaganaan at ng mga araw ng kaginhawahan. Inasahan nilang kahalili ng isang magaspang na damit na panakip nila kung araw, at ng blangket kung gabi, ay ibibigay ni Kristo sa kanila ang mga mamahalin at maiinam na kasuutan ng mga lumupig sa kanila. Nag-umapaw sa puso ng lahat ang palalong pag-asa na sandali na lamang at ang Israel ay pararangalan sa harap ng mga bansa bilang siyang pinili ng Panginoon, at ang Jerusalem ay matatanghal bilang pangulo ng isang kahariang pansanlibutan.

Binigo ni Kristo ang pag-asa na maging dakila sa sanlibutan. Sa Sermon sa Bundok ay sinira Niya ang gawaing ginawa ng maling pagtuturo, at ibinigay Niya sa mga nakikinig ang tumpak na pagkak-

ilala sa Kaniyang kaharian at sa Kaniyang sariling likas. Gayunma'y hindi Siya gumawa ng tuwirang pagtuligsa sa mga pagkakamali ng mga tao. Nakita Niya ang kaawa-awang kalagayan ng sanlibutan dahil sa kasalanan, gayunma'y hindi Niya iniharap sa kanila ang malinaw na kaanyuan ng kanilang kaabaan. Itinuro Niya sa kanila ang lalo pang mabuti kaysa nalalaman nila. Hindi na Niya sinalungat ang mga paniniwala nila tungkol sa kaharian ng Diyos, kundi isinaysay Niya sa kanila ang mga kondisyon ng pagpasok doon, at ipinaubaya na sa kanila ang pagbibigay ng sarili nilang kapasiyahan tungkol sa kung ano ang uri nito. Ang mga katotohanang itinuro Niya ay mahalaga sa atin gaya ng pagiging-mahalaga rin nito sa karamihang
[412] nagsisunod sa Kaniya. Tayo at sila ay ka- ilangang mag-aral ng mga simulaing pinagbabatayan ng kaharian ng Diyos.

[413] Ang pambungad na pangungusap ni Kristo sa mga tao doon sa bundok ay mga salita ng pagpapala. Mapapalad sila, wika Niya, na kumikilala sa kanilang karalitaang espirituwal, at nakadarama ng pangangailangan nila ng katubusan. Ang ebanghelyo ay dapat ipangaral sa mga dukha. Hindi ito inihahayag sa mga mayabang ang diwa, sa mga nagbabansag na mayaman at di-nangangailangan ng anuman, kundi sa mga mapagpakumbaba at may bagbag na loob. Isang bukal lamang ang nabuksan para sa kasalanan, ang bukal para sa mapagpakumbabang-loob.

Ang mapagmataas na puso ay nagsisikap na gumawa upang matamo ang kaligtasan; subali't ang ating titulo sa langit at ang ating pagiging-naaangkop doon ay kapwa matatagpuan sa katwiran o kabanalan ni Kristo. Ang Panginoon ay walang magagawang anuman sa ikahaha-ngo ng tao, maliban na kung mapagkilala niya ang sarili niyang kahinaan, at mahubad ang lahat niyang pagmamataas, ay isuko niya ang kaniyang sarili sa pangangasiwa o kontrol ng Diyos. Kung magkagayo'y matatanggap niya ang kaloob na handang ibigay ng Diyos sa kaniya. Sa kaluluwang nakadarama ng kaniyang pangangailangan, ay walang inililingid. Malayang-malaya siyang makalalapit sa Kaniya na tinatahanan ng buong kapuspusan. "Sapagka't ganito ang sabi ng Mataas at Matayog na tuma-tahan sa walang-hanggan, na ang pangalan ay Banal; Ako'y tumatahan sa mataas at banal na dako, na kasama rin niya na may pagsisisi at pagpapakumbabang-loob, upang bumuhay ng loob ng nagpapakumbaba, at upang bumuhay ng puso ng nagsisisi." Isaias 57:15.

"Mapapalad ang nangahahapis: sapagka't sila'y aaliwin." Sa mga salitang ito ay hindi itinuturo ni Kristo na ang pagkahapis ay may kapangyarihang mag-alis ng pagiging-sala ng kasalanan. Hindi Niya sinasang-ayunan ang pagkukunwari o sinasadyang pagpapakumbaba. Ang pagkahapis na Kaniyang sinasabi ay hindi bin- [414]
ubuo ng pagkalumbay at pananaghoy. Bagaman tayo'y nalulungkot nang dahil sa kasalanan, ay dapat naman tayong magalak sa mahalagang karapatan ng pagiging mga anak ng Diyos.

Madalas na tayo'y nalulungkot dahil sa ang masasama nating gawa ay nagdudulot sa atin ng di-maiinam na bunga; subali't hindi ito pagsisisi. Ang tunay na pagkalungkot dahil sa kasalanan ay bunga ng paggawa ng Banal na Espiritu. Inihahayag ng Espiritu ang pusong walang-utang-na-loob na nagwalang-halaga at pumighati sa Tagapagligtas, at idinudulog tayong may pagsisisi sa paanan ng krus. Sa bawa't paggawa ng kasalanan ay nasusugatang panibago si Jesus; at sa pagtingin natin sa Kaniya na ating inulos, ay nahahapis tayo dahil sa mga kasalanang ipinaghihirap ng Kaniyang loob. Ang ganyang pagkahapis ay aakay sa atin sa pagtatakwil ng kasalanan.

Maaaring ituring ng isang makasanlibutan na ang ganitong pagkalungkot ay isang kahinaan; nguni't ang kalakasan ang bumibigkis sa nagsisisi at sa Isang Walanghanggan sa pamamagitan ng mga kawing na hindi malalagot. Ipinakikilala nito na isinasauli ng mga anghel ng Diyos ang mga biyayang nawala sa kaluluwa dahil sa katigasan ng puso at pagsalansang. Ang mga luha ng nagsisisi ay mga patak lamang ng ulan na nagpapauna sa sikat ng araw ng kabanalan. Ibinabalita ng kalungkutang ito ang isang katuwaang magiging isang buhay na bukal sa kaluluwa. "Kilalanin mo lamang ang iyong kasamaan, na ikaw ay sumalansang sa Panginoon mong Diyos;" "at hindi Ako titinging may galit sa iyo: sapagka't Ako'y maawain, sabi ng Panginoon." Jeremias 3:13, 12. "Sa kanila na nagsisitangis sa Siyon," ay itinakda Niyang "bigyan sila ng putong na bulaklak na kahalili ng mga abo, ng langis ng kagalakan na kahalili ng pagtangis, ng damit ng kapurihan na kahalili ng kabigatan ng loob." Isaias 61:3. [415]

At may kaaliwan din namang nakalaan para sa mga nahahapis dahil sa pagsubok at kalungkutan. Ang pait ng kapighatian at kadustaan ay higit na mabuti kaysa mga pagpapairog sa kasalanan. Sa pamamagitan ng kadalamhatian ay ipinakikita sa atin ng Diyos ang

mga dungis ng ating likas, upang sa pamamagitan ng Kaniyang biyaya ay madaig natin ang ating mga pagkakamali. Mga lihim na kahinaan tungkol sa ating mga sarili ay nahahayag sa atin, at dumarating ang pagsubok, upang maalaman kung tatanggapin natin ang pagsaway at payo ng Diyos. Pagka tayo'y dinadalhan ng pagsubok, ay hindi tayo dapat mayamot at magreklamo. Hindi tayo dapat maghimagsik, o kaya'y mag-alaala man na wala tayo sa kamay ni Kristo. Dapat tayong magpakumbaba sa harap ng Diyos. Ang mga daan ng Panginoon ay malabo sa taong naghahangad na ang makita ay yaong mga bagay lamang na nakalulugod sa kaniya. Ang mga ito ay lumilitaw na madilim at walang ligaya sa ganang sarili natin. Nguni't ang mga daan ng Panginoon ay mga daan ng ka-awaan at ang dulo niyaon ay kaligtasan. Hindi alam ni Elias ang ginagawa niya nang sa ilang ay sabihin niyang sawa na siya sa buhay, at idinalangin niyang mamatay na sana siya. Sa awa ng Panginoon ay hindi Nito pinagbigyan ang kaniyang kahilingan. Malaki pa ang gawaing dapat gawin ni Elias; at kung matapos na ang kaniyang gawain, ay hindi siya dapat mamatay sa panlulupaypay at pag-iisa sa ilang. Hindi ukol sa kaniya ang paglusong sa alabok ng kamatayan, kundi ang pag-akyat sa kaluwal-hatian, na inaabayan ng mga karo ng langit, hanggang sa luklukan sa kaitaasan.

Ang salita ng Diyos sa mga nalulungkot ay, "Aking nakita ang kaniyang mga lakad, at pagagalingin Ko siya: Akin ding papatnubayan siya, at bibigyan Ko ng mga kaaliwan siya at ang kaniyang nangananangis." "Aking gagawing kagalakan ang kanilang paglu-
[416] luksa (pagkahapis), at Aking aaliwin sila, at Aking pagagalakin sila sa kanilang kapanglawan." Isaias 57:18; Jeremias 31:13.

"Mapapalad ang maaamo." Ang mga kahirapang masasagupa natin ay maaaring mabawasan nang napakalaki sa pamamagitan ng kaamuang yaon na natatago kay Kristo. Kung nasa sa atin ang kapakumbabaan ng ating Panginoon, ay mamamaibabaw tayo sa mga pasakit, sa mga paghamak, at sa mga pagkayamot, na araw-araw ay kinalalantaran natin, at hindi ito magpapapanglaw sa ating diwa. Ang pinakamataas na katunayan ng pagiging-marangal ng isang Kristiyano ay ang pagpipigil-sa-sarili. Ang sinumang nawawalan ng kahinahunan at pag-asa kung siya'y pinagmamalabisan o pinagmamalupitan ay ninanakawan ang Diyos ng karapatan Nito na maihayag sa kaniya ang sarili Nitong kasakdalan ng likas. Ang ka-amuan ng

loob ay siyang lakas na nagbibigay ng tagum-pay sa mga sumusunod kay Kristo; ito ang tanda ng kanilang pagkakaugnay sa mga korte sa langit.

"Bagaman ang Panginoon ay mataas, gayunma'y gumagalang din sa mababa." Awit 138:6. Ang mga nagpa-pakita ng kaamuan at kababaang-loob ni Kristo ay mi-namahal ng Diyos. Maaaring sila'y tingnang may paglibak ng sanlibutan, subali't malaki ang halaga nila sa paningin Niya. Hindi lamang ang marurunong, ang mga dakila, ang mga mapagkawanggawa, ang makapagtatamo ng pasaporte patungo sa langit; at hindi lamang ang masipag na manggagawa, na puno ng sigla at walang-puknat sa paggawa. Hindi nga; kundi pati ang mapagpakumba-bang-loob, na nasasabik sa pakikisama ni Kristo, ang mapagpakumbabang puso, na ang pinakamataas na mithiin ay ang ganapin ang kalooban ng Diyos—ang mga ito man ay maluwag na makapapasok. Sila'y mapapabilang doon sa mga naglinis ng kanilang mga damit at pina-puti sa dugo ng Kordero. "Kaya't sila'y nasa harapan ng luklukan ng Diyos, at nangaglilingkod sa Kaniya araw at gabi sa Kaniyang templo: at Siyang nakaupo sa [417]
luklukan ay lulukuban sila ng Kaniyang tabernakulo." Apocalipsis 7:15.

"Mapapalad ang nangagugutom at nangauuhaw sa katuwiran." Ang pagkadama ng di-pagiging-karapat-dapat ay aakay sa puso ng tao na magutom at mauhaw sa katuwiran, at ang ganitong hangarin ay hindi mabibigo. Ang mga nagbibigay ng puwang kay Jesus sa kanilang mga puso ay makadarama ng Kaniyang pag-ibig. Lahat ng sabik magkaroon ng likas na tulad ng sa Diyos ay pagka-kalooban. Ang kaluluwang umaasa't naghihintay kay Jesus ay di-kailanman pababayaang di-natutulungan ng Banal na Espiritu. Kumukuha Siya ng mga bagay ni Kristo at ipinakikita ang mga ito sa kaniya. Kung ang mata ay laging nakatingin kay Kristo, ang paggawa ng Espiritu ay hindi tumitigil hanggang sa ang kaluluwa ay matulad sa wangis Niya. Ang dalisay na elemento o sangkap ng pag-ibig ay magpapalusog sa kaluluwa, na bibigyan ito ng kakayahan para sa lalong matataas na karunungan, upang lumago ang pagkakilala sa mga bagay ng langit, anupa't hindi ito magpapahinga hanggang sa mapuspos. "Mapapalad ang nangagugutom at nangauuhaw sa katuwiran; sapagka't sila'y bubusugin."

Ang mga mahahabagin ay kahahabagan, at ang mga may malinis na puso ay makakakita sa Diyos. Dumudungis ng kaluluwa ang lahat na maruming isipan, sumisira ng pagkadama ng kaugaliang wagas, at may hilig na pumawi ng mga pagkikintal na ginagawa ng Espiritu Santo. Pinalalabo nito ang paninging ukol sa espiritu, anupa't hindi tuloy makita ng mga tao ang Diyos. Ang Panginoon ay maaaring magpatawad at nagpapatawad nga sa nagsisising makasalanan; subali't kahit na pinatawad, ay nadungisan na ang kaluluwa. Kaya lahat ng maruruming salita o isipan ay marapat layuan ng mga ibig
[418] magkaroon ng malinaw na pagkaunawa sa katotohanang espirituwal.

Datapwa't ang mga salita ni Kristo ay hindi lamang nagbibilin ng paglayo sa karumihan ng kahalayan, at ng paglayo sa karumihang ukol sa seremonya na buong higpit na nilayuan ng mga Hudyo. Ang kasakiman o pagka-makasarili ang di-magpahintulot sa atin na makita ang Diyos. Ipinalalagay ng may diwang makasarili na ang Diyos ay tulad din niya. Malibang talikdan natin ito, ay hindi natin mauunawaan Siya na pag-ibig. Yaon lamang pusong di-makasarili, na may diwang mapagpakumbaba at mapagtiwala, ang makakakita sa Diyos na "puspos ng kahabagan at mapagkaloob, banayad sa pagkagalit, at sagana sa kabutihan at katotohanan." Exodo 34:6.

"Mapapalad ang mga mapagpayapa." Ang kapayapaan ni Kristo ay supling ng katotohanan. Ito ay pakikitugma o pakikiisa sa Diyos. Ang sanlibutan ay kalaban ng kautusan ng Diyos; ang mga makasalanan ay kalaban ng Maylalang sa kanila; at bilang bunga ay nagkakalabanlaban sila sa isa't isa. Nguni't sinasabi ng mang-aawit, "Dakilang kapayapaan ang tinatamo nila na nagsisiibig ng Iyong kautusan: at sila'y walang kadahilanang ikati-tisod." Awit 119:165. Ang tao'y hindi makalilikha ng kapayapaan. Ang mga panukala ng tao upang maglinis at magtaas ng mga indibiduwal o ng lipunan ay hindi makalilikha ng kapayapaan, dahil sa hindi nakaaabot ang mga ito sa puso. Ang tanging kapangyarihang makalilikha o makapagpapamalagi ng tunay na kapayapaan ay ang biyaya ni Kristo. Pagka ito ang natanim sa puso, ay pa-aalisin nito ang masasamang damdamin at hangarin na lumilikha ng alitan at pagtatalo. "Kahalili ng tinik ay tutubo ang puno ng abeto, at kahalili ng dawag ay tutubo ang arayan;" at ang disyerto o ilang ng buhay "ay magagalak, at mamumulaklak na gaya ng rosa." Isaias 55:13; 35:1.

Ang mga karamihan ay namangha sa turong ito, na lubhang kaiba sa mga utos at halimbawa ng mga Pariseo. Inakala noon ng mga tao na ang kaligayahan ay nasa kasaganaan ng mga bagay na [419] tinatangkilik sa sanlibutang ito, at ang katanyagan at karangalan ng mga tao ay dapat pakanasain. Lubhang nakasisiya ang matawag na "Rabi," at ang mabunyi bilang marunong at relihiyoso, na ang mga kabutihan at mga kagalingan nila ay inihahayag sa harap ng mga tao. Ito ang itinuturing na putong ng kaligayahan. Nguni't sa harap ng napakalaking karamihang yaon, ay ipinahayag ni Jesus na ang kapakinabangan at karangalang panlupa ay siya lamang matatanggap ng gayong mga tao. Tiyakan Siyang nagsalita, at may kalangkap na kapangyarihang humihila ng paniniwala ang Kaniyang pagsasabi. Natahimik ang mga tao, at sinidlan sila ng takot. May pag-aalinlangang nagkatinginan sila sa isa't isa. Sino kaya sa kanila ang maliligtas kung tunay ang mga turo ng Taong ito? Marami ang naniwalang ang di-pangkaraniwang Gurong ito ay kinakasihan ng Espiritu ng Diyos, at talagang buhat sa Diyos ang Kaniyang mga sinasabi.

Matapos ipaliwanag ni Jesus kung ano ang mga bumubuo sa tunay na kaligayahan, at kung paano iyon mata-tamo, ay lalong tiyakang dinaliri Niya ang tungkulin ng Kaniyang mga alagad, bilang mga gurong pinili ng Diyos na dapat umakay sa mga iba sa landas ng katuwiran at buhay na walang-hanggan. Talastas Niyang sila'y madalas na magbabata ng pagkabigo at panlulupaypay, na sila'y mapapaharap sa pangatawanang pagsalansang ng mga kaaway, na sila'y hahamakin, at ang pagpapatotoo nila ay tatanggihan. Lubos Niyang nababatid na sa pagtupad ng kanilang misyon, ang mababait na taong ito na mata-mang nakinig sa Kaniyang mga pangungusap ay magba-bata ng kadustaan, pahirap, pagkabilanggo, at kamatayan, kaya patuloy Niyang idinugtong:

"Mapapalad ang mga pinag-uusig dahil sa katwiran: sapagka't kanila ang kaharian ng langit. Mapapalad kayo, pagka kayo'y inaalimura, at kayo'y pinag-uusig, at kayo'y pinagwiwikaan ng sari-saring masama na pawang kasinungalingan, dahil sa Akin. Mangagalak [420] kayo, at mangagsayang totoo: sapagka't malaki ang ganti sa inyo sa langit: sapagka't gayundin ang pagkausig nila sa mga propeta na nangauna sa inyo."

Iniibig ng sanlibutan ang kasalanan, at kinapopootan ang katuwiran, at ito ang dahilan ng paglaban nito kay Jesus. Masusumpungan ng lahat na tumatanggi sa Kaniyang walang-hanggang pag-ibig na ang Kristiyanismo ay isang bagay na babagabag sa kanila. Pinawi ng liwanag ni Kristo ang kadilimang tumatakip sa kanilang mga kasalanan, at nakikita ang pangangailangan ng pagbabago. Samantalang iyong mga nagpapasakop sa impluwensiya ng Espiritu Santo ay nagpapasimulang makipagbaka sa kanilang mga sarili, yaon namang mga nangu-ngunyapit sa kanilang kasalanan ay nakikipagbaka laban sa katotohanan at sa mga kinatawan nito.

Sa ganitong paraan nalilikha ang alitan, at ang mga sumusunod kay Kristo ay pinagbibintangang mga mam-babagabag ng mga tao. Nguni't ang pakikisama nila sa Diyos ang naghahatid sa kanila sa pakikipag-alit ng sanlibutan. Dinadala nila ang kadustaan ni Kristo. Tinata-lunton nila ang landas na tinalunton ng pinakamarangal sa lupa. Dapat nilang harapin ang pag-uusig, hindi sa pamamagitan ng kalungkutan, kundi sa pamamagitan ng kagalakan. Bawa't maapoy na pagsubok ay kasangkapan ng Diyos sa ikadadalisay nila. Iniaangkop sila nito sa kanilang gawain bilang mga kamanggagawa Niya. Bawa't pakikipagtunggali ay may kaniyang lugar sa malaking pakikipagbakang ukol sa katuwiran, at bawa't isa nito ay magdaragdag ng katuwaan sa kanilang pagtatagumpay sa wakas. Sa pagkakaroon ng ganitong isipan, ay hindi nila katatakutan at iiwasan ang pagsubok sa kanilang pananampalataya at pagtitiis, kundi bagkus masaya nila itong tatanggapin. Sabik na magampanan ang kanilang tungkulin sa sanlibutan, na ipinauubaya ang kanilang
[421] hangarin sa kalooban at pagsang-ayon ng Diyos, tutuparin nga ng Kaniyang mga lingkod ang bawa't tungkulin, na di-aalalahanin ang takot o pagsang-ayon ng mga tao.

"Kayo ang asin ng lupa," wika ni Jesus, Huwag ninyong ilayo ang inyong sarili sa sanlibutan upang matakasan ang pag-uusig. Dapat kayong tumahang kasama ng mga tao, upang ang samyo ng pag-ibig ng Diyos ay maging gaya ng asin na magliligtas sa sanlibutan sa pagsama.

Ang mga pusong tumutugon sa impluwensiya ng Banal na Espiritu ay siyang mga daluyang dinaraanan ng pagpapala ng Diyos. Kung maaalis sa lupa ang mga taong naglilingkod sa Diyos, at babawiin ng Diyos ang Kaniyang Espiritu sa gitna ng mga tao, ang

sanlibutang ito ay mauuwi sa kasiraan at kagibaan, na ito ang siyang bunga ng pamamahala ni Satanas. Bagaman hindi nala-laman ng mga masasama, utang nila ang mga pagpapalang tinatanggap nila sa buhay na ito sa pagkakaroon, sa sanlibutan, ng bayan ng Diyos na kanilang hinahamak at sinisiil. Subali't kung ang mga Kristiyano ay Kristiyano lamang sa pangalan, ang katulad nila ay asing nawalan ng lasa. Sa kanilang maling pagpapakilala sa Diyos ay higit pa silang masama kaysa mga di-sumasampalataya.

"Kayo ang ilaw ng sanlibutan." Inisip ng mga Hudyo na ang sarili nilang bansa ay siya na lamang makinabang ng kaligtasan; nguni't ipinakilala sa kanila ni Kristo na ang kaligtasan ay tulad sa sikat ng araw. Ito ay para sa buong sanlibutan. Ang relihiyon ng Biblia ay hindi dapat mapalagay lamang sa pagitan ng mga takip o pabalat ng isang aklat, ni hindi rin sa nasasakupan lamang ng mga pader ng isang kapilya o simbahan. Hindi ito dapat ilabas paminsan-minsan para sa ating sariling kapakina-bangan, at pagkatapos ay maingat na isasaisantabing muli. Dapat itong magpabanal sa buhay araw-araw, dapat itong mahayag sa bawa't transaksiyon sa hanap-buhay, at sa lahat din naman ng ating mga pakikipag-ugnayang panlipunan. [422]

Ang tunay na likas ay hindi tinatabas sa labas, at saka isinusuot; ito ay nagliliwanag buhat sa loob. Kung hangad nating akayin ang mga iba sa landas ng katwiran, dapat na nakadambana na sa sarili nating mga puso ang mga simulain ng katwiran. Ang pagpapanggap natin ng pananampalataya ay maaaring magpahayag ng teorya ng relihiyon, subali't ang ating banal na pamumuhay ang nagtatanghal ng salita ng katotohanan. Ang patuloy na pagtalima, ang banal na pamumuhay, ang di-nababagong pagtatapat, ang masiglang diwa ng kagandahang-loob, ang maka-Diyos na halimbawa—ang mga ito ay siyang kasangkapang sa pamamagitan nito naihahatid ang liwanag sa sanlibutan.

Hindi ipinaliwanag ni Jesus nang isa-isa ang kautusan, nguni't hindi naman Niya tinulutang isipin ng mga nakikinig sa'Kaniya na Siya'y naparito upang isaisantabi ang mga utos na ito. Alam Niyang naroon at nakaabang ang mga tiktik na naghihintay ng bawa't salitang maba-baligtad nila. Alam Niya ang maling-pagkakilalang nag-hahari sa damdaming ng maraming nakikinig sa Kaniya, at wala naman Siyang sinabing anumang bagay na mag-papabuway ng kanilang pananampalataya sa relihiyon at mga institusyong ip-

inagkatiwala sa kanila sa pamamagi-tan ni Moises. Si Kristo na rin ang nagbigay ng kautusang moral at seremonyal. Hindi Siya naparito upang sirain ang pagtitiwala sa sarili Niyang turo. Dahil sa malaki Niyang paggalang sa kautusan at sa mga propeta kaya sinikap Niyang lansagin o igupo ang pader ng mga sa-li't saling sabi na nakabakod sa mga Hudyo. Nguni't bagaman niwalan Niyang kabuluhan ang mali nilang mga paliwanag tungkol sa kautusan, mahigpit naman Niyang pinapag-ingat ang Kaniyang mga alagad laban sa pagtalikod sa mahahalagang katotohanang ipinagkatiwala sa mga Hebreo.

Ipinagmamalaki ng mga Pariseo ang kanilang pagkamasunurin
[423] sa kautusan; gayunma'y lubhang kakaunti ang nalalaman nila sa mga simulain nito na isinasakabuhayan nila sa araw-araw na anupa't sa ganang kanila ang mga salita ng Tagapagligtas ay para bagang erehiya. Nang alisin Niya ang mga yagit at dumi na nakatabon sa katotohanan, ang akala nila'y inalis na rin Niya ang mismong katotohanan. Nangagbulung-bulungan sila sa isa't isa na anila'y niwawalan Niya ng kabuluhan ang kautu-san. Nabasa Niya ang kanilang mga iniisip, at Siya'y sumagot sa kanila, na sinasabi—

"Huwag ninyong isiping Ako'y naparito upang sirain ang kautusan, o ang mga propeta: Ako'y naparito hindi upang sirain, kundi upang ganapin." Dito'y pinasisinunga-lingan ni Jesus ang paratang ng mga Pariseo. Ang misyon Niya sa sanlibutan ay ipangsanggalang ang mga banal na inaangkin ng kautusang yaon na ibinibintang sa Kaniya na sinisira Niya. Kung mababago o mapawawalang-bisa ang kautusan ng Diyos, sana'y hindi na nagbata si Kristo ng mga bunga ng ating pagsalansang. Naparito Siya upang ipaliwanag ang kaugnayan ng kautusan sa tao, at upang ipakita kung paano ito masusunod sa pamamagitan ng sarili Niyang pagtalima.

Ibinigay ng Diyos sa atin ang Kaniyang mga banal na utos, sapagka't iniibig Niya ang sangkatauhan. Upang tayo'y maikubli Niya sa mga bunga ng pagsalansang, ay inihahayag Niya ang mga simulain ng katwiran. Ang kautusan ay isang kapahayagan ng isipan ng Diyos; kapag ito'y tinatanggap sa pamamagitan ni Kristo, ito ay nagiging ating isipan. Itinataas tayo nito sa ibabaw ng mga tuksong umaakay sa pagkakasala. Hangad ng Diyos na tayo'y lumigaya, kaya ibinigay Niya sa atin ang mga utos ng kautusan upang sa pagtalima

natin sa mga ito ay magkaroon tayo ng kaligayahan. Nang si Jesus ay isilang at mag-awitan ang mga anghel ng—

> "Luwalhati sa Diyos sa kataas-taasan,
> At sa lupa'y kapayapaan,
> Sa mga taong kinalulugdan Niya" (Lukas 2:14),

ay itinatanyag nila ang mga simulain ng kautusan na siyang ipinarito Niya upang dakilain at parangalin. [424]

Nang salitain ng Diyos sa Sinai ang kautusan, ipina-batid Niya sa mga tao ang kabanalan ng Kaniyang likas, upang sa ganito ay makita nila ang sarili nilang pagigingmakasalanan. Ibinigay ang kautusan upang sumbatan ang kanilang kasalanan, at ipakitang kailangan nila ang isang Tagapagligtas. Ito ang gagawin pagka inilapat na ng Espiritu Santo ang mga simulain nito sa kanilang mga puso. Ang gawaing ito ay patuloy pa ring gagawin. Sa buhay ni Kristo ay nililiwanag ang mga simulain ng kautusan; at pagka hinihipo na ng Espiritu ng Diyos ang puso, pagka inihahayag na ng liwanag ni Kristo sa mga tao ang pangangailangan nila ng lumilinis Niyang dugo at ng umaaring-ganap Niyang katwiran, ang kautusan ay siya pa ring kasangkapang naglalapit sa atin kay Kristo, upang tayo'y ariing-ganap sa pamamagitan ng pananam-palataya. "Ang kautusan ng Panginoon ay sakdal, na nagsasauli ng kaluluwa." Awit 19:7.

"Hanggang sa mangawala ang langit at ang lupa," wika ni Jesus, "ang isang tuldok o isang kudlit sa anumang paraan ay hindi mawawala sa kautusan, hanggang sa maganap ang lahat ng mga bagay." Ang araw na sumisikat sa mga langit, at ang matibay na lupang inyong tina-tahanan, ay mga saksi ng Diyos na ang kautusan Niya ay di-nababago at iiral magpasawalang-hanggan. Manga-wala man ang mga ito, ay mananatili pa rin ang mga utos ng Diyos. "Lubhang magaan pa ang mangawala ang langit at ang lupa, kaysa mahulog ang isang kudlit ng kautusan." Lukas 16:17. Ang mga paraan ng paghahandog na nagtuturong si Jesus ang Kordero ng Diyos ay mapa-pawi pagkamatay Niya; subali't ang Sampung Utos ng Dekalogo ay di-mababago't di-mapapawi na gaya ng tro-no o luklukan ng Diyos.

Yamang "ang kautusan ng Panginoon ay sakdal," ang bawa't paglihis dito ay masama. Ang mga sumusuway sa mga utos ng [425]

Diyos, at nagtuturo sa mga iba na gumawa ng gayunding pagsuway, ay hinahatulan ni Kristo. Ang buhay-masunurin ng Tagapagligtas ay nagpanatili sa mga inaangkin ng kautusan; pinatunayan nitong kautusan ay masusunod o matatalima ng mga tao, at ipinakita ang kagalingan ng likas na malilikha kung susundin ito. Lahat ng tatalima na gaya ng ginawa Niyang pagtalima ay nagpapahayag na ang kautusan ay "banal, at matwid, at mabuti." Roma 7:12. Sa kabilang dako, lahat ng sumu-suway sa mga utos ng Diyos ay sumasang-ayon sa pahayag ni Satanas na ang kautusan ay di-matwid, at hindi masusunod. Sa ganitong paraan ay pinangangalawahan nila ang mga daya ng dakilang kaaway, at nagsasaboy ng kalapastanganan sa Diyos. Sila'y mga anak ng diyablo, ang kauna-unahang naghimagsik laban sa kautusan ng Diyos. Kung sila'y papapasukin sa langit ay mababalik na muli ang mga elemento ng pagtatalo at paghihimagsik doon, at muling manganganib ang kapanatagan ng sansinukob. Sinumang kusang nagwawalang-bahala sa kahit isang simulain ng kautusan ay hindi makapapasok sa kaharian ng langit.

Itinuturing ng mga rabi na ang kabanalan nila ay isa nang pasaporte nila patungo sa langit; nguni't sinabi ni Jesus na ito'y di-sapat at di-karapatdapat. Ang mga panlabas na seremonya at ang panteoryang pagkaalam ng katotohanan ay siyang bumubuo ng katwiran o kabanalan ng mga Pariseo. Inaangkin ng mga rabing sila'y banal dahil sa pinagsisikapan nilang ganapin ang kautusan; subali't ang mga gawa nila ay nahihiwalay ang kabanalan sa relihiyon. Bagaman sila'y maiingat sa pagtupad ng sari-saring mga rito at mga seremonya, ang pamumuhay naman nila ay salat sa wagas na kaugalian at hamak. Ang tinatawag nilang katwiran o kabanalan nila ay hindi kailanman makapapasok sa kaharian ng langit.

Ang pinakamalaking pagkakadaya ng isip ng tao no-ong pana-
[426] hon ni Kristo ay ang palagay na ang kabanalan ay ang pagsang-ayon lamang sa katotohanan. Sa buong karanasan ng tao ay napatunayang ang panteoryang pagkaalam ng katotohanan ay di-sapat upang makapagligtas sa kaluluwa. Ito'y hindi nagbibigay ng mga bunga ng ka-banalan. Ang mahigpit na paniniwala sa tinatawag na katotohanang panteolohiya ay madalas na may kasamang pagkamuhi sa tunay na katotohanan na gaya ng nakiki-ta sa kabuhayan. Ang pinakamadidilim na kabanata ng kasaysayan ay puno ng mga tala ng mga krimeng ginawa ng mga panatikong relihiyoso. Ip-

inamamarali ng mga Pariseo na sila ang mga anak ni Abraham, at ipinagyaya-bang nilang nasa kanila ang mga salita ng Diyos; gayunman ang mga kalamangan nilang ito ay hindi nakapigil sa kanil'a sa pagiging makasarili, mabangis, matakaw sa salapi, at sa lubhang pagpapaimbabaw. Ang akala nila sa kanilang mga sarili ay sila na ang pinakadakilang mga relihiyoso sa sanlibutan, nguni't ang tinatawag nilang pagkamatapat ay humantong sa pagpapako nila sa krus sa Panginoon ng kaluwalhatian.

Nananatili pa rin ngayon ang ganitong panganib. Marami ang nagpapalagay na sila'y mga Kristiyano na, dahil lamang sa sila'y umaayon sa mga simulain o mga doktrina ng relihiyon. Datapwa't hindi nila isinasakabuhayan ang katotohanan. Ito'y hindi nila pinaniniwalaan at hindi rin iniibig, dahil dito'y hindi sila tumatangap ng kapang-yarihan at biyaya na ipinagkakaloob kapag pinababanal ng katotohanan. Maaaring ang mga tao ay magpanggap ng paniniwala sa katotohanan; subali't kung hindi sila nito ginagawang tapat, mabait, matiisin, mapagpahinuhod, at may-diwang-makalangit, ay nagiging sumpa ito sa nag-aangkin nito, at sa pamamagitan ng impluwensiya nila ay nagiging sumpa rin ito sa sanlibutan.

Ang katwiran o kabanalang itinuro ni Kristo ay ang pag-alinsunod ng puso at kabuhayan sa inihayag na kalooban ng Diyos. Ang mga taong makasalanan ay magiging matwid lamang kapag mayroon silang pananampalataya sa Diyos at may buhay na pagkakaugnay sa [427]
Kaniya. Kung magkagayon ang tunay na kabanalan ay mag-aangat sa mga isipan at magpaparangal sa kabuhayan. Kung magkagayon ang mga panlabas na anyo ng relihiyon ay umaayon sa panloob na kalinisan ng Kristiyano. Kung magkagayon ang mga seremonyang kinakailangang gawin sa paglilingkod sa Diyos ay hindi mga walang-kabuluhang rito, na tulad ng sa mga mapagpaimbabaw na Pariseo.

Tinalakay ni Jesus ang mga utos nang bukod-bukod, at ipinaliwanag ang lalim at luwang ng mga hinihingi nito. Sa halip na alisin ang isang tuldok ng lakas o bisa nito, ay ipinakilala Niya ang malawak na nasasaklaw ng mga simulain nito, at inilantad ang nakamamatay na pagkakamali ng mga Hudyo sa kanilang panlabas na pagpa-pakita ng pagtalima. Ipinaliwanag Niyang sa pamamagi-tan ng masamang akala o ng tinging may pagnanasa ay nasasalansang ang kautusan. Ang isang nakakasama sa paggawa ng kahit pinakamaliit na kawalang-katarungan ay lumalabag sa kautu-

san at pinabababa ang sarili niyang kalikasang moral. Ang pagpatay ay nagbibinhi muna sa isip. Ang sinumang nag-aalaga ng poot sa kaniyang puso ay naglalagay ng kaniyang mga paa sa landas ng mama-matay-tao, at ang kaniyang mga paghahandog ay kinasu-suklaman ng Diyos.

Naglinang ang mga Hudyo ng isang diwa ng paghihi-ganti. Sa galit nila sa mga Romano ay nangagbitiw sila ng matitigas na panunuligsa, at binigyang kasiyahan ang diyablo sa pamamagitan ng pagpapakita ng mga likas nito. Sa ganitong paraan sila nagsasanay sa paggawa ng mga kakila-kilabot na gawang dito sila inaakay nito. Sa relihiyosong kabuhayan ng mga Pariseo ay walang makita ang mga Hentil na anumang gawang mag-uudyok ng kabanalan. Pinagsabihan sila ni Jesus na huwag dayain ang sarili nila sa pag-aakalang hindi masamang sila'y magalit sa mga umaapi sa kanila, at sila'y
[428] magkimkim ng paghahangad na maipaghiganti ang mga ginawang masama sa kanila.

Tunay kung sabagay na may pagkagalit na inaaring-matwid, maging sa mga sumusunod kay Kristo. Kung nakikita nilang nilalapastangan ang Diyos, at inaalipusta ang Kaniyang gawain, kung nakikita nilang inaapi ang mga walang-malay o walang-sala, ay bumabangon sa puso ang isang matwid o banal na pagkagalit. Ang ganitong pagkagalit, na isinusupling ng nasasaktang kaugaliang wagas, ay hindi kasalanan. Subali't yaong mga sa kaunting kadahilanan ay nagagalit na agad ay nagbubukas ng puso kay Satanas. Ang kapaitan at pagkagalit ay dapat pawiin sa kaluluwa kung nais nating makaayon ang langit.

Higit pa kaysa rito ang sinabi ng Tagapagligtas. Ang wika Niya'y, "Kung inihahandog mo ang iyong hain sa dambana, at doo'y maalaala mo na ang iyong kapatid ay mayroong anumang laban sa iyo, iwan mo roon sa harap ng dambana ang hain mo, at yumaon ka ng iyong lakad; makipagkasundo ka muna sa iyong kapatid, at kung magkagayon ay magbalik ka at ihandog mo ang iyong hain." Marami ang masisikap sa mga serbisyong relihiyoso, samantalang may nakalulungkot na mga dipagkakaunawaang namamagitan sa kanila at sa kanilang mga kapatid na dapat muna nilang ayusin. Hinihingi sa kanila ng Diyos na gawin nila ang buo nilang makakaya na mapanumbalik ang pagkakasundo. Hanggang hindi nila ginagawa

ito, ay hindi Niya matatanggap ang kanilang mga paglilingkod. Malinaw na itinuturo sa bagay na ito ang tungkulin ng Kristiyano.

Ibinubuhos ng Diyos sa lahat ang Kaniyang mga pagpapala. "Pinasisikat Niya ang Kaniyang araw sa masasama at sa mabubuti, at nagpapaulan sa mga ganap at sa mga hindi ganap." Siya'y "magandang-loob sa mga walang-turing at sa masasama." Lukas 6:35. Inaatasan Niya tayong tumulad sa Kaniya. "Pagpalain ninyo ang mga sumusumpa sa inyo," wika ni Jesus; "gawan ninyo ng mabuti [429]
ang mga napopoot sa inyo, ... upang kayo'y maging mga anak ng inyong Ama na nasa langit." Ito ang mga simulain ng kautusan, at siyang mga bukal ng buhay.

Ang hangarin ng Diyos sa Kaniyang mga anak ay mataas pa kaysa pinakamataas na isipang maaabot ng tao. "Kayo nga'y mangagpakasakdal, na gaya ng inyong Ama sa kalangitan na sakdal." Ang utos na ito ay isa ring pangako. Ang panukala ng pagtubos ay kinapapalooban ng lubos na pagbawi sa atin sa kapangyarihan ni Satanas. Ang taong nagsisisi ay laging inihihiwalay ni Kristo sa kasalanan. Siya'y naparito upang wasakin ang mga gawa ng diyablo, at gumawa Siya ng pagtataan na maibigay ang Banal na Espiritu sa bawa't nagsisising kaluluwa, upang masansala siya sa pagkakasala.

Ang tuksong ginamit ng manunukso ay hindi marapat gawing sapat na dahilan sa paggawa ng isang gawang kamalian. Natutuwa si Satanas pagka ang mga nagsasabing sumusunod kay Kristo ay gumagawa ng mga dahilan sa pagkakaroon nila ng kapintasan ng likas. Ang mga pagdadahilang ito ang nagbubunsod sa gawang pagkakasala. Walang maidadahilan sa pagkakasala. Ang isang banal na damdamin, ng isang kabuhayang tulad ng kay Kristo, ay maaabot ng bawa't nagsisisi at sumasampalatayang anak ng Diyos.

Ang ulirang likas ng Kristiyano ay pagiging-katulad-ni-Kristo. Kung paanong ang Anak ng tao ay sakdal sa Kaniyang kabuhayan, gayundin dapat maging sakdal sa kanilang kabuhayan ang mga sumusunod sa Kaniya. Si Jesus ay ginawang tulad sa Kaniyang mga kapatid sa lahat ng mga bagay. Siya ay naging tao, na gaya natin. Siya'y nagutom at nauhaw at napagod. Siya'y pinalakas ng pagkain at pinasigla ng pagtulog. Nakabahagi Siya sa kapalaran ng tao; gayunman Siya'y walang-dungis na Anak ng Diyos. Siya ay Diyos na nasa laman. Ang Kaniyang likas ay dapat mapasaatin. Tungkol sa mga sumasampalataya sa Kaniya ay ganito ang sinasabi [430]

ng Panginoon, "Mananahan Ako sa kanila, at lalakad Ako sa kanila; at Ako'y magiging kanilang Diyos, at sila'y magiging Aking bayan." 2 Corinto 6:16.

Si Kristo ang hagdang nakita ni Jacob sa panaginip, na ang puno'y nakapatong sa lupa, at kadulu-duluhang bahagi ay umaabot sa pinto ng langit, hanggang sa pintuan ng kaluwalhatian. Kung ang hagdang yaon ay nagkulang ng kahit isang baitang nang pag-abot sa lupa, waglit sana tayo. Nguni't inabot tayo ni Kristo sa kina-lalagyan natin. Ibinihis Niya ang ating likas at nagtagumpay, upang tayo naman sa pamamagitan ng pagbibihis ng Kaniyang likas ay magtagumpay. Ginawang nasa "anyong lamang salarin" (Roma 8:3), Siya'y namuhay ng isang kabuhayang di-nagkasala. Ngayon sa Kaniyang pagka-Diyos ay humahawak Siya sa luklukan ng langit, saman-talang sa Kaniya namang pagiging-tao hinahawakan Niya tayo. Inaatasan Niya tayong sa pamamagitan ng pagsam-palataya sa Kaniya ay ating abutin ang maluwalhating likas ng Diyos. Dahil nga rito ay dapat tayong magpaka-sakdal, na gaya ng ating "Ama sa kalangitan na sakdal."

Ipinakilala ni Jesus kung ano ang bumubuo sa katwiran o ka-banalan, at itinuro Niyang ang Diyos ang pinagmumulan nito. Ngayon ay bumaling Siya sa mga praktikal na tungkulin. Sa paglil-imos, sa pananalangin, at sa pag-aayuno, ay sinabi Niyang huwag gumawa ng anumang bagay na makatatawag ng pansin o kaya'y ang sarili ang matatanghal. Magbigay nang taos sa puso, para matu-lungan ang mga naghihirap na dukha. Sa panana-langin, bayaang makipag-usap ang kaluluwa sa Diyos. Sa pag-aayuno naman, huwag nakatungo ang ulo, na ang puso'y puno ng pagmumuni-muni tungkol sa sarili. Ang puso ng Pariseo ay isang lupang tigang, na doo'y hindi makasisibol at hindi makayayabong ang anumang binhi ng banal na kabuhayan. Yaon lamang lubos na nagpa-pasakop ng kaniyang sarili
[431] sa Diyos ang siyang makapag- lilingkod sa Kaniya nang karapat-da-pat. Sapagka't sa pamamagitan ng pakikisama sa Diyos ang mga tao ay nagiging mga manggagawang kasama Niya sa pagpapakilala ng Kaniyang likas sa sangkatauhan.

Ang paglilingkod na ginagawa nang taos sa puso ay may dak-ilang kagantihan. "Ang iyong Ama na nakaka-kita sa lihim ay gagantihan ka." Ang likas ay nabubuo sa paraan ng pamumuhay na ikinabubuhay natin sa pamamagitan ng biyaya ni Kristo. Ang

orihinal na pagi-ging-kaibig-ibig ay nagpapasimulang mabalik sa kaluluwa. Ang mga katangian ng likas ni Kristo ay ibinibigay, at ang larawan ng Diyos ay nagpapasimulang mamanaag. Ang mga mukha ng mga lalaki at mga babaing lumala-kad at gumagawang kasama ng Diyos ay nagbabadha ng kapayapaan ng langit. Sila'y napaliligiran ng impluwen-siya o simoy ng langit. Sa mga kaluluwang ito ay nagsimula na ang kaharian ng Diyos. Nasa kanila ang katuwaan ni Kristo, ang katuwaan ng pagiging isang pag-papala sa sangkatauhan. Nasa kanila ang karangalan na matanggap para magamit ng Panginoon; sila'y pinagkatiwalaang gumawa ng Kaniyang gawain sa Kaniyang pangalan.

"Walang taong makapaglilingkod sa dalawang panginoon." Hindi natin mapaglilingkuran ang Diyos nang hati ang puso. Ang relihiyon ng Bibliya ay hindi isang impluwensiya sa gitna ng maraming ibang relihiyon; ang impluwensiya nito ay dapat maging kataas-taasan, namamayani at sumusupil sa lahat ng iba. Hindi ito dapat maging isang haplos ng pintura na ipinipinta dito at doon sa mukha ng kambas, kundi dapat itong mamayani o mamaibabaw sa buong buhay, na para bagang ang kambas ay itinubog sa pintura, hanggang sa ang bawa't sinulid o hibla ng tela ay natinaan nang walang-kupas.

"Kung tapat nga ang iyong mata, ang buong katawan mo'y mapupuspos ng liwanag. Datapwa't kung masama ang iyong mata,
ang buong katawan mo'y mapupuspos ng kadiliman." Kalinisan [432]
at kawalang-pagbabago sa layunin ang siyang mga kondisyong hinihingi upang makatanggap ng liwanag na mula sa Diyos. Ang naghahangad makakilala ng katotohanan ay dapat maging handa na tanggapin ang lahat ng mga inihahayag nito. Hindi siya maaaring makipagkasundo sa kamalian. Ang pag-uurong-sulong at ang kala-kalahating pagsunod sa katotohanan ay pagpili ng kadiliman ng kamalian at ng kadayaan ni Satanas.

Ang pakikibagay sa sanlibutan at ang di-lumilihis na panununton sa mga simulain ng katuwiran ay hindi nagsasama o hindi naghahalo, na tulad ng mga kulay ng bahaghari. Sa pagitan ng dalawang ito ay isang malinaw at malaking guhit ang inilalagay ng walang-hang-gang Diyos. Ang wangis ni Kristo'y nakatayong namumukod at kaiba kaysa wangis ni Satanas na gaya ng pagkakaiba ng katanghaliang-tapat sa hatinggabi. At yaon lamang namumuhay ng kabuhayan ni Kristo ang siyang mga kamanggagawa

Niya. Kung may isang kasalanang iniingat-ingatan sa puso, o may maling gawaing pinama-malagi sa buhay, ang buong kabuhayan ay nahahawahan. Ang tao ay nagiging kasangkapan ng kalikuan.

Lahat ng pumiling maglingkod sa Diyos ay dapat umasa sa Kaniyang pagkalinga. Itinuro ni Kristo ang mga ibong lumilipad sa himpapawid, ang mga bulaklak sa parang, at inatasan Niya ang mga nakikinig sa Kaniya na kanilang wariin at isaalang-alang ang mga nilalang na ito ng Diyos. "Hindi baga lalong higit ang halaga ninyo kaysa kanila?" wika Niya. Mateo 6:26. Ang sukat ng pag-aasikaso ng Diyos sa alinmang bagay ay naaalinsunod sa taas ng kalagayan sa buhay. Ang maliit na maya ay binabantayan ng Diyos. Ang mga bulaklak sa parang, ang mga damong nakalatag sa lupa, ay kapwa kinaka-linga at binabantayan ng ating Amang nasa langit. Ang dakilang Maestrong Pintor ay nag-uukol din ng pansin sa mga
[433] liryo, na pinagagandang lubha ang mga ito na anupa't nahihigitan nila ang kaluwalhatian ni Solomon. Gaano pa kaya ang Kaniyang pangangalaga sa tao, na siyang larawan at kaluwalhatian ng Diyos. Hinihintay Niyang makita sa Kaniyang mga anak ang isang likas na katulad ng sa Kaniya. Kung paanong ang sinag ng araw ay nagbibigay sa mga bulaklak ng iba't ibang magagandang kulay, gayundin nagbibigay ang Diyos sa tao ng sarili Niyang magandang likas.

Lahat ng pumipili sa kaharian ng pag-ibig at katwiran at kapayapaan ni Kristo, na inuuna ito nang higit sa lahat ng iba, ay napapaugnay sa sanlibutang nasa itaas, at ang bawa't pagpapalang kailangan sa buhay na ito ay binibigyan ang bawa't isa sa atin ng tig-iisang dahon. Ang dahong iyon ay naglalaman ng bawa't tanging bagay ng ating kasaysayan; pati buhok ng ating ulo ay bilang. Di-kailanman nawawala sa isip ng Diyos ang Kaniyang mga anak.

"Kaya't huwag ninyong ikabalisa ang sa araw ng bukas." Mateo 6:34. Dapat nating sundan si Kristo araw-araw. Ang tulong na para sa araw ng bukas ay hindi ibinibigay ng Diyos ngayon. Hindi Niya ibinibigay sa Kaniyang mga anak nang minsanan ang lahat ng mga tagubiling kailangan nila sa buong buhay na paglalakbay nila, sapagka't baka sila'y malito. Sinasabi Niya sa kanila yaon lamang kaya nilang tandaan at ganapin. Ang lakas at dunong na ibinibigay ay yaong para sa kasalu-kuyang pangangailangan. "Kung nagkukulang ng karunungan ang sinuman sa inyo,"—para sa araw

na ito—"ay humingi siya sa Diyos, na nagbibigay nang sagana sa lahat, at hindi nanunumbat; at ito'y ibibigay sa kaniya." Santiago 1:5.

"Huwag kayong magsihatol, upang huwag kayong hatulan." Huwag ninyong isiping kayo'y higit na mabuti kaysa ibang mga tao, at ilalagay ninyo ang inyong sarili na tagahatol sa kanila. Yamang hindi kayo nakasasalik-sik ng adhikain ng kalooban, wala nga kayong kakayahan upang hatulan ang iba. Sa paghatol ninyo sa [434] kaniya, ay naggagawad din kayo ng hatol sa inyong sarili; sapagka't ipinakikilala ninyo na kayo ay kasabuwat ni Satanas, na tagapagsumbong sa mga kapatid. Sinasabi ng Panginoon, "Siyasatin ninyo ang inyong sarili, kung kayo'y nangasa pananampalataya; subukin ninyo ang in-yong sarili." Ito ang gawain natin. "Kung ating kilalanin ang ating sarili, ay hindi tayo hahatulan." 2 Corinto 13: 5; 1 Corinto 11:31.

Ang mabuting punungkahoy ay magbubunga ng mabuti. Kung ang bunga ay walang-lasa at walang-kabuluhan, ang punungkahoy ay masama. Kaya ang ibinubunga din naman ng kabuhayan ay nagpapatotoo sa kalagayan ng puso at sa kagalingan ng likas. Dikailanman mabibili ng mabubuting gawa ang kaligtasan, kundi ang mga ito ay isang katunayan ng pananampalatayang guma-gawa sa pamamagitan ng pag-ibig at lumilinis ng kalu-luwa. At bagaman ang walang-hanggang gantimpala ay hindi ibinibigay nang dahil sa ating kabutihan, gayun-man ito'y magiging kasukat ng gawaing ginawa sa pamamagitan ng biyaya ni Kristo.

Sa ganitong paraan ipinakikilala ni Kristo ang mga si mulain ng Kaniyang kaharian, at itinuturo Niyang ito ang dakilang tuntunin ng buhay. Upang maikintal ang aral ay nagdagdag Siya ng isang halimbawa. Hindi sapat, wika Niya, sa inyo na marinig ang Aking mga salita. Sa pamamagitan ng pagtalima ay dapat ninyong gawin ang mga ito na saligan ng inyong likas. Ang sarili ay tulad sa magalaw na buhangin. Kung magtatayo kayo sa iba-baw ng mga pala-palagay at mga katha-katha ng mga tao, ay babagsak ang inyong bahay. Tatangayin ito ng mga hangin ng tukso, at ng mga bagyo ng pagsubok. Nguni't ang mga simulaing ito na Aking ibinibigay ay mananatili. Tanggapin ninyo Ako; magtayo kayo sa ibabaw ng Aking mga salita.

"Kaya't ang bawa't dumirinig ng Aking mga salitang ito, at [435]

ginaganap, ay matutulad sa isang taong matalino, na itinayo ang kaniyang bahay sa ibabaw ng bato: at lumagpak ang ulan, at bumaha, at humihip ang mga hangin, at hinampas ang bahay na yaon; at hindi
[436] nabagsak; sapagka't natatayo sa ibabaw ng bato." Mateo 7:24, 25.

[437]

# Kabanata 32—Ang Senturyon

Ang kabanatang ito ay batay sa Mateo 8:5-13; Lukas 7:1-17.

Sinabi ni Kristo sa mahal na taong ang anak ay pinagaling Niya, "Malibang kayo'y makakita ng mga tanda at mga kababalaghan, ay hindi kayo magsisipaniwala." Juan 4:48. Dinamdam Niya na ang sarili Niyang bayan ay siya pang humihingi ng mga tanda ng Kaniyang pagka-Mesiyas. Ulit at ulit na nagtaka Siya sa kanilang di-pani-niwala. Nguni't nanggilalas Siya sa pananampalataya ng senturyong lumapit sa Kaniya. Hindi na inusisa ng senturyon ang kapangyarihan ng Tagapagligtas. Ni hindi nito hiniling na Siya'y sumama upang gawin ang kababalag-han. "Sabihin Mo lamang ang salita," wika nito, "at gagaling ang aking alila."

Ang alipin ng senturyon ay dinapuan ng paralisis, at nakabingit sa kamatayan. Sa mga Romano ang mga alipin ay mga busabos, na binibili at ipinagbibili sa mga pamilihan, at pinagmamalabisan at pinagmamalupitan; subali't ang senturyon ay mabait sa kaniyang alipin, at malabis niyang hinahangad na ito ay gumaling. Siya'y nani-niwalang mapagagaling ito ni Jesus. Hindi pa niya naki-kita ang Tagapagligtas, nguni't ang mga balitang narinig niya ay nagbigay sa kaniya ng pananampalataya. Bagama't ang relihiyon ng mga Hudyo ay mga panlabas na anyo, gayunma'y naniniwala ang Romanong ito na ang relihiyon ng mga ito ay nakahihigit sa relihiyon [438]
niya. Sinira na niya ang mga hadlang na pambansang pagta-tangi at pagkapoot na nakapagitan sa mga manlulupig na Romano at sa nalupig na mga Hudyo. Nagpakita siya ng paggalang sa paglilingkod sa Diyos. Sa mga pagtuturo ni Kristo, ayon sa ibinalita sa kaniya, ay nasumpungan niya ang nakatutugon sa pangangailangan ng kaluluwa. Ang buong nasa loob niyang ukol sa espiritu ay tumugon sa mga salita ng Tagapagligtas. Nguni't nakadama siya ng di-pagiging-karapat-dapat na lumapit sa harap ni Jesus, at nakiusap siya sa matatandang Hudyo na gumawa ng kahilingan para pagalingin ang kaniyang alipin. Kilala nila ang Dakilang Guro, at naisip niyang

alam ng mga ito kung paano lalapit sa Kaniya upang matamo ang Kaniyang pag-lingap at pagsang-ayon.

Nang pumasok si Jesus sa Capernaum, ay sinalubong Siya ng isang delegasyon ng mga matanda, na siyang nag-sabi sa Kaniya ng ninanais ng senturyon. Sinabi nilang "karapat-dapat ang taong gagawan Niya nito: sapagka't iniibig nito ang ating bansa, at ipinagpatayo tayo nito ng sinagoga."

Karaka-rakang bumaling si Jesus patungo sa tahanan ng pinuno; nguni't palibhasa'y sinisiksik ng karamihan, hindi Siya makapagmadali. Nauna na sa Kaniya ang balita ng Kaniyang pagdating, at sa pag-akala ng senturyon na siya'y di-karapat-dapat, ay nagpasabi na ang senturyon kay Jesus, "Panginoon, huwag Ka nang mabagabag; sapagka't hindi ako karapat-dapat na Ikaw ay pumasok sa silong ng aking bubungan." Datapwa't nagpatuloy pa rin ng paglakad ang Tagapagligtas, at ang senturyon, sa wakas ay nagbakasakali nang lapitan Siya, na sinasabi, "Hindi ko inakalang ako'y karapat-dapat man lamang pu-mariyan sa Iyo;" "datapwa't sabihin Mo lamang ang salita, at gagaling ang aking alila. Sapagka't ako rin naman ay taong nasa ilalim ng kapamahalaan, na may nasasa-kupan akong
[439] mga kawal: at sinasabi ko rito, Yumaon ka, at siya'y yumayaon; at sa isa, Halika, at siya'y lumalapit; at sa aking alipin, Gawin mo ito, at kaniyang gina-gawa." Kung paanong ako'y kumakatawan sa kapangya-rihan ng Roma, at kinikilala ng aking mga kawal ang pagiging kataas-taasan ng aking kapangyarihan, ay gayundin naman kumakatawan Ka sa kapangyarihan ng walang-hanggang Diyos, at lahat ng mga bagay na nila-lang ay tumatalima sa Iyong salita. Mautusan Mo ang sakit na umalis, at ito'y susunod sa Iyo. Matatawagan Mo ang Iyong mga sugong buhat sa langit, at magbibigay sila ng biyayang nagpapagaling. Sabihin Mo lamang ang salita, at gagaling ang aking alipin.

"Nang marinig ni Jesus ang mga bagay na ito, ay nagtaka Siya sa kaniya, at lumingon, at sinabi sa karami-hang nagsisisunod sa Kaniya, Sinasabi Ko sa inyo, Hindi Ako nakasumpong ng ganito kalaking pananampalataya, hindi, kahit sa Israel man." At sa senturyon ay sinabi Niya, "Ayon sa iyong pagsampalataya, ay gayon ang sa iyo'y mangyari. At gumaling ang kaniyang alila sa oras ding yaon."

Ang matatandang Hudyo na nagrekomenda sa senturyon kay Kristo ay napaghalatang malayo pa sila sa pag-tataglay ng diwa ng ebanghelyo. Hindi nila nakilala na ang malaki nating pangangailangan ay nasa pagsandig lamang sa kahabagan ng Diyos. Sa kanilang pagbabanal-banalan ay inirekomenda nila ang senturyon dahil sa paglingap na ipinakita nito sa "ating bansa." Nguni't tung-kol sa sarili nito ay sinabi ng senturyon, "Hindi ako karapat-dapat." Kinilos ng biyaya ni Kristo ang puso nito. Nakita nito ang sarili nitong di-pagiging-karapatdapat; gayunma'y nangimi pa rin itong humingi ng tulong. Hindi ito nagtiwala sa sarili nitong kabutihan; ang daing nito ay ang malaki nitong pangangailangan. Ang pananampalataya nito ay nanghawak sa tunay na likas ni Kristo. Hindi ito sumampalataya
sa Kaniya bilang isa lamang manggagawa ng mga kababalaghan, [440]
kundi bilang Kaibigan at Tagapagligtas ng sangkatauhan.

Sa ganitong paraan makalalapit kay Kristo ang bawa't makasalanan. "Hindi dahil sa mga gawa ng katwiran na ating ginawa, kundi ayon sa Kaniyang kaawaan ay Kaniyang iniligtas tayo." Tito 3:5. Pagka sinasabihan kayo ni Satanas na kayo'y isang makasalanan, at hindi makaaasang tatanggap ng pagpapala sa Diyos, ay sabihin ninyo sa kaniya na si Kristo'y naparito sa sanlibutan upang iligtas ang mga makasalanan. Wala tayong anumang bagay na makapagrerekomenda sa atin sa Diyos; subali't ang maipamamanhik natin ngayon at kailanman ay ang ating kalagayang ganap na walang-kaya na siyang nagiging dahilan ng pangangailangan natin ng Kaniyang tumutubos na kapangyarihan. Sa pamamagitan ng pagtatakwil ng lahat nating pananalig sa sarili, ay makati-tingin tayo sa krus ng Kalbaryo at ating masasabing—

"Walang dalang hain ang mga kamay ko;
Sa iyong krus lamang nanghahawak ako."

Sapul sa pagkabata ay tinuruan na ang mga Hudyo tungkol sa gawain ng Mesiyas. Ang mga kinasihang pangungusap ng mga patriarka at mga propeta at ang masagisag na pagtuturo tungkol sa mga paghahandog ay napasakanila. Subali't hindi nila pinansin ang liwanag; at ngayon ay wala silang makita kay Jesus na anumang bagay na mananasa. Datapwa't ang senturyon, na isini-lang sa kahentilan, nag-aral sa gitna ng mga diyus-diyo-san ng imperyo ng

Roma, nagsanay bilang isang kawal, na ang pinag-aralan at mga kapaligiran ay waring walang-walang kabuhayang espirituwal, at lalo pa manding ini-layo ng pagkapanatiko ng mga Hudyo, at ng paghamak ng sarili niyang mga kababayan sa mga tao ng Israel—ang taong ito ang nakakita ng katotohanang hindi nakita ng mga anak ni
[441] Abraham. Hindi niya hinintay na makita kung tatanggapin ng mga Hudyo ang Isa na nag-aangking siya nilang Mesiyas. Yamang ang "ilaw na lumiliwanag sa bawa't tao na pumaparito sa sanlibutan" (Juan 1:9) ay nagliwanag sa kaniya, ay napagkilala niya, bagaman malayo, ang kaluwalhatian ng Anak ng Diyos.

Kay Jesus ito'y isang pangako ng gagawin ng ebang-helyo sa gitna ng mga Hentil. Taglay ang kagalakang minasdan Niya sa hinaharap ang pagtitipon-tipon sa Kaniyang kaharian ng mga kaluluwang buhat sa lahat ng mga bansa. Nguni't taglay ang matinding kalungkutang inila-rawan Niya sa mga Hudyo ang ibubunga ng kanilang pagtanggi sa Kaniyang biyaya: "Sinasabi Ko sa inyo, Na marami ang magsisipanggaling sa silanganan at sa kanluran, at magsisiupong kasama ni Abraham, at ni Isaae, at ni Jacob, sa kaharian ng langit. Datapwa't ang mga anak ng kaharian ay pawang itatapon sa kadiliman sa labas: diyan na nga ang pagtangis at pagngangalit ng mga ngipin." Ay, kayrami nga ng naghahanda pa rin sa ganyan ding nakamamatay na pagkabigo! Samantalang ang mga kaluluwang nasa madilim na lupain ng mga di-binyagan ay nagsisitanggap ng Kaniyang biyaya, kayrami naman ng mga nasa bansang Kristiyano na bagaman nag-liliwanag ang ilaw sa kanila ay hindi naman ito pina-pansin.

Mahigit na dalawampung milya buhat sa Capemaum, sa isang talampas na tumutunghay sa malawak at ma-gandang kapatagan ng Esdraelon, ay nakalatag ang nayon ng Nain, at doon ngayon ibinaling ni Jesus ang Kaniyang mga hakbang. Kasama Niya rito ang marami sa Kaniyang mga alagad at ang iba pa, at sa kanilang pag-lalakad ay naglapitan pa ang mga tao, na pawang nasa-sabik sa Kaniyang mga salita ng pag-ibig at kahabagan, na dala ang kanilang mga maysakit upang Kaniyang pa-galingin, at laging umaasa na Siya na may ganitong kahanga-hangang kapangyarihan ay magpapakilalang
[442] Siya ang Hari ng Israel. Isang karamihan ang sumalubong sa Kaniyang paglakad, at isang nagagalak at naghihintay na pulutong

ang sumusunod sa Kaniya sa pagsalunga sa mabatong landas na patumpa sa pintuang-daan ng nayon sa bundok.

Habang sila'y nalalapit, ay isang libing ang makiki-tang lumalabas sa pintuang-daan ng nayon. Mabagal at lipos ng lungkot ang paglakad nilang patungo sa libingan. Nasa unahan ng libing ang isang nakabukas na kabaong na kinalalagakan ng isang bangkay, at nakapaligid dito ang mga tagapanangis, na pinupuno ang himpapawid ng kanilang mga humahagulhol na panaghoy. Waring ang buong mamamayan ay natipon na rito upang ipakita ang kanilang pagpipitagan sa namatay at ang pakikiramay nila sa mga naulila.

Ang tanawing yaon ay gumigising ng pakikiramay. Ang namatay ay kaisa-isang anak na lalaki ng isang ina, at ang inang ito ay isang balo. Inihahatid ng tumatangis na magulang sa huling hantungan ang kaisa-isa niyang ina-asahang bubuhay at aaliw sa kaniya sa lupa. "Pagkakita sa kaniya ng Panginoon, siya'y kinahahabagan Niya." Samantalang siya'y patuloy sa paglakad na walang nakikita dahil sa luhang bumabalong sa mga mata, na tuma-tangis, at hindi napapansing naroon si Jesus, lumapit Siya sa tabi niya, at marahang nagwika, "Huwag kang tumangis." Hahalinhan na ni Jesus ang kaniyang kalumba-yan ng kagalakan, gayunma'y hindi Niya mapigil na ipahayag ang ganitong magiliw na pakikiramay.

"Siya'y lumapit at hinipo ang kabaong;" sa Kaniya kahit ang paghipo sa patay ay hindi nakapagpaparumi. Huminto ang nangagdadala ng kabaong, at tumigil din ang mga panangisan. Ang dalawang pulutong ay puma-ligid sa kabaong, na umaasa sa hindi maasahan. Naroon ngayon ang Isa na nagpalayas ng sakit at dumaig sa mga demonyo; ang kamatayan kaya ay sasailalim din ng Kaniyang kapangyarihan?

Sa malinaw at makapangyarihang tinig ay binigkas Niya ang [443]
mga salitang, "Binata, sinasabi Ko sa iyo, Magbangon ka." Ang tinig na yaon ay naglagos sa mga tainga ng patay. Iminulat ng binata ang kaniyang mga mata. Hinawakan ni Jesus ang kamay niya, at itinindig siya. Natamaan ng kaniyang paningin ang babaing tumatangis sa tabi niya, at ang ina at anak ay matagal at mahigpit na nagyakap nang buong katuwaan. Umid na nakatingin ang karamihan, na parang namamalikmata. "Sinidlan ng takot ang lahat." Tahimik at magalang silang nakatayo sa loob ng kaunting sandali, na para bagang sila'y nasa harapan ng Diyos. Pagkatapos ay "niluwalhati nila ang Diyos,

na sinasabi, Lumitaw sa gitna natin ang isang dakilang propeta; at, dinalaw ng Diyos ang Kaniyang bayan." Ang mga nakikipaglibing ay bumalik sa Nain na parang isang prusisyon ng mga nagsipagwagi. "At kumalat ang balitang ito tungkol sa Kaniya sa buong Judea, at sa buong palibut-libot ng lupain."

Siya na tumatayo sa piling ng nagdadalamhating ina sa may pintuang-daan ng Nain, ay nagmamasid din sa bawa't isang tumatangis sa tabi ng kaniyang patay. Nahahabag Siya't nakikiramay sa ating kadalamhatian. Ang puso Niyang mapagmahal at maawain, ay isang pusong di-nag-babago sa pagiging-maibigin. Ang salita Niyang bumuhay ng patay, ay mabisa pa rin ngayon na gaya noong magsalita Siya sa binatang taga-Nain. Sinasabi Niyang, "Ang lahat ng kapangyarihan sa langit at sa lupa ay naibigay na sa Akin." Mateo 28:18. Ang kapangyarihang yaon ay hindi nababawasan sa paglipas ng mga taon, ni nauubos man sa walang-tigil na pagdaloy ng Kaniyang biyaya. Sa lahat na sumasampalataya sa Kaniya ay nananatili pa rin Siyang isang nabubuhay na Tagapagligtas.

Ang dalamhati ng ina ay pinalitan ni Jesus ng ligaya nang ibalik Niya ang buhay ng anak nito; gayunman ang binata ay ibinalik na muli sa lupang ito, upang magtiis pa ng mga kalungkutan, ng mga pagpapagal, at ng mga kapanganiban, at upang sumailalim na muli
[444] ng kapangyarihan ng kamatayan. Nguni't ang pagkalungkot natin sa namatay ay inaaliw ni Jesus sa pamamagitan ng isang pabalita ng walang-hanggang pag-asa: "Ako ang nabubuhay, at namatay; at, narito, Ako'y nabubuhay magpakai-lanman, at nasa Akin ang mga susi ng impiyerno at ng kamatayan." "Dahil sa ang mga anak ay mga may bahagi sa laman at dugo, Siya nama'y gayunding nakabahagi sa mga ito; upang sa pamamagitan ng kamatayan ay Kaniyang malipol yaong may kapangyarihan sa kamatayan, samakatwid baga'y, ang diyablo; at mailigtas silang lahat na dahil sa takot sa kamatayan ay nangasailalim ng pagkaalipin sa buong buhay nila." Apoealipsis 1:18; Hebreo 2:14, 15.

Hindi kayang pigilin ni Satanas ang mga patay pagka sila'y tinutulutan ng Anak ng Diyos na mabuhay. Hindi niya mapananatili sa kamatayang espirituwal ang isang kaluluwang tumatanggap ng makapangyarihang salita ni Kristo sa pamamagitan ng pananampalataya. Sa lahat ng mga patay sa pagkakasala ay ganito ang sinasabi ng Diyos, "Gumising ka, ikaw na natutulog, at magbangon

ka sa gitna ng mga patay." Efeso 5:14. Ang salitang iyan ay buhay na walang-hanggan. Kung paanong ang salita ng Diyos na nag-utos sa kauna-unahang tao na mabuhay, ay nagbibigay pa rin sa atin ng buhay hanggang ngayon; kung paanong ang salita ni Kristong, "Binata, sinasabi Ko sa iyo, Magbangon ka," ay nagbigay buhay sa binatang taga-Nain, ay gayundin naman ang salitang, "Magbangon ka sa gitna ng mga patay," ay buhay sa kaluluwang tumatanggap nito. Ang Diyos ay "nagligtas sa atin sa kapangyarihan ng kadiliman, at naglipat sa atin sa kaharian ng Kaniyang iniibig na Anak." Colosas 1:13. Lahat nang ito ay iniaalok sa atin sa Kaniyang salita. Kung tinatang-gap natin ang salita, ay napapasaatin ang kaligtasan.

At "kung ang Espiritu Niyaong bumuhay na mag-uli kay Jesus ay tumitira sa inyo, ang bumuhay na mag-uli kay Kristo Jesus sa mga patay ay magbibigay buhay naman sa inyong mga katawang may [445]
kamatayan sa pama-magitan ng Kaniyang Espiritu na tumitira sa inyo." "Sapagka't ang Panginoon din ang bababang mula sa langit na may isang sigaw, may tinig ng arkanghel, at may pakakak ng Diyos: at ang nangamatay kay Kristo ay unang mangabubuhay na mag-uli: kung magkagayon tayong nangabubuhay na nangatitira ay aagawing kasama nila sa mga alapaap, upang salubungin ang Panginoon sa hangin: at sa ganito'y sasa-Panginoon tayo magpakailanman." Roma 8:11; 1 Tesalonica 4:16, 17. Ito ang salitang pang-aliw na iniaatas Niya sa ating ipang-aliw natin sa isa't isa. [446]

## Kabanata 33—“Sinu-sino ang Aking mga Kapatid?”

Ang kabanatang ito ay balay sa Mateo 12:22-50; Marcos 3:20-35.

Ang mga anak ni Jose ay walang kaloob-loob kay Jesus sa Kaniyang mga ginagawa. Ang mga balitang dumarating sa kanila tungkol sa Kaniyang kabuhayan at mga paggawa ay pumuno sa kanila ng panggigilalas at panlulumo. Nabalitaan nilang magda-magdamag Siya sa panalangin, na sa buong maghapon ay dinadagsaan Siya ng malalaking pulutong ng mga tao, at wala na Siyang panahong maiukol sa Kaniyang sarili at wala na ring panahong kumain. Sa pakiramdam ng mga kaibigan Niya ay pinapatay Niya ang Kaniyang sarili sa walang-tigil Niyang paggawa; hindi nila maipaliwanag ang ginagawa Niyang pakikitungo sa mga Pariseo, at may ilan pa na nag-akalang nasisira ang Kaniyang bait.

Ito’y nabalitaan ng Kaniyang mga kapatid, at pati ang paratang ng mga Pariseo na nagpapalayas Siya ng mga demonyo sa pamamagitan ng kapangyarihan ni Satanas. Labis nilang nadama ang kakutyaang dumating sa kanila dahil sa pagkakaugnay nila kay Jesus. Alam nila ang nililikhang gulo ng Kaniyang mga salita at mga ginagawa, at hindi lamang nababahala sila sa matapang Niyang mga pagsasalita, kundi galit na sila sa Kaniyang pagbatikos sa mga eskriba at mga Pariseo. Ipinasiya nilang dapat Siyang himukin o pil-
[447] iting tumigil sa ganitong paraan ng paggawa, at kanilang hinikayat si Maria na makiisa sa kanila, sa pag-aakalang baka sa pagmamahal Niya sa kaniya ay mapakiusapan nila Siya na maging higit na maingat at matalino.

Hindi pa natatagalang nauna rito ang paggawa ni Jesus ng Kaniyang ikalawang kababalaghan na pagpapagaling sa isang lalaking inaalihan ng demonyo, bulag at pipi, at inulit na naman ng mga Pariseo ang paratang na, “Sa pamamagitan ng prinsipe ng mga demonyo ay nagpapalabas Siya ng mga demonyo.” Mateo 9:34. Malinaw na sinasabi sa kanila ni Kristo na sa pagsasabi nilang ang ginagawa ng Espiritu Santo ay gawa ni Satanas, ay sila na

rin ang nagsasara sa kanilang sarili ng bukal ng pag-papala. Ang mga nagsalita nang laban kay Jesus na rin, na hindi napagkikilala ang Kaniyang pagka-Diyos, ay ma-aari pang tumanggap ng kapatawaran; sapagka't sa pa-mamagitan ng Espiritu Santo ay maaari nilang makita ang kanilang pagkakamali at sila'y magsisi. Anuman ang kasalanan, kung nagsisisi at sumasampalataya ang kalu-luwa, ay nahuhugasan ang kasalanan sa dugo ni Kristo; subali't ang tumatanggi sa ginagawa ng Banal na Espiritu ay naglalagay sa sarili niya sa isang kalagayang hindi sasa kaniya ang pagsisisi at ang pagsampalataya. Sa pamamagitan ng Espiritu gumagawa ang Diyos sa puso; pagka sinasadya ng mga tao na tanggihan ang Espiritu, at sinasabi niyang ito ay buhat kay Satanas, ay kanila ngang sinasarhan ang daan na sa pamamagitan nito ma-aaring makipag-usap sa kanila ang Diyos. At pagka lubos nang tinanggihan ang Espiritu, wala nang magagawa pa ang Diyos sa tao.

Ang mga Pariseong pinagsabihan ni Jesus ng babalang ito ay sila mismo'y hindi naniniwala sa ipinaparatang nila sa Kaniya. Wala isa man sa mga mararangal na ta-ong ito na di-nakadama ng pagkaakit sa Tagapagligtas. Narinig nila ang tinig ng Espiritu sa kanilang sariling mga puso na nagsasabing Siya nga ang Pinahiran o ang [448]
Mesiyas ng Israel, at sila'y inuudyukang magsipagpaha-yag na sila na rin ay mga alagad Niya. Sa liwanag ng Kaniyang pakikiharap ay nadama nila ang kanilang kawalang-kabanalan, at kinasabikan nilang magtamo ng isang katwirang hindi nila kayang likhain. Subali't pagatapos nilang tanggihan Siya ay magiging totoong kahiya-hiya na tanggapin nila Siya ngayon bilang siyang Mesiyas. Palibhasa'y nakapagpasimula na silang lumakad sa landas ng di-paniniwala, ang labis nilang kapalaluan ang nakahadlang upang aminin nila ang kanilang pagka-kamali. At upang maiwasan nilang aminin o kilalanin ang katotohanan, ay pinagsikapan nilang labanan nang may kasamang karahasan ang turo ng Tagapagligtas. Nakayamot at nakagalit sa kanila ang pagpapakita Niya ng Kaniyang kapangyarihan at kaawaan. Hindi nila mahad-langan ang Tagapagligtas sa paggawa ng mga kababalaghan, hindi nila Siya masawata sa Kaniyang pagtuturo; nguni't ginawa nila ang buo nilang makakaya upang siraan Siya at pabulaanan ang Kaniyang mga salita. Gayunma'y patuloy silang sinundan ng nanunumbat na Espiritu ng Diyos, at kinailangan nilang gumawa ng mara-ming mg hadlang upang mapaglabanan nila ang

kapang-yarihan Nito. Ang pinakamakapangyarihang kasangkapan na mapagagawa sa puso ng mga tao ay nakikipagpunyagi sa kanila, nguni't ayaw silang sumuko.

Hindi Diyos ang bumubulag sa mga mata ng mga tao o nagpapatigas man sa kanilang mga puso. Pinadadalhan Niya sila ng liwanag upang maiwasto nila ang kanilang mga pagkakamali, at upang maakay sila sa mga ligtas na landas; ang pagtanggi sa liwanag na ito ang siyang bumubulag sa mga mata at nagpapatigas sa puso. Malimit na ito'y nangyayari nang unti-unti, at halos di-namamalayan. Ang liwanag ay dumarating sa kaluluwa sa pamamagitan ng salita ng Diyos, sa pamamagitan ng Kaniyang mga lingkod, o kaya'y sa pamamagitan ng tuwirang paggawa ng Kaniyang Espir-
[449] itu; subali't kapag ang isang sinag ng liwanag ay di-pinansin, ay nagkakaroon ng bahagyang pamamanhid ang pang-unawang espirituwal, at ang ikalawa o sumusunod na paghahayag ng liwanag ay hindi gaanong napagkikilala. Kaya nga lumaki ang dilim, hanggang sa maging gabi na sa kaluluwa. Ganyan ang nangyari sa mga pinunong Hudyo. Naniwala silang kapangyarihan ng Diyos ang umalakbay kay Kristo, nguni't upang malabanan nila ang katotohanan, ay sinabi nilang ang ginagawa ng Banal na Espiritu ay kay Satanas. Sa paggawa nito ay kusa nilang pinili ang sila'y mangadaya; isinuko nila kay Satanas ang kanilang mga sarili, at kaya nga buhat noon ay sumailalim na sila ng kapangyarihan nito.

Malapit na kaugnay ng babala ni Kristo tungkol sa kasalanan laban sa Espiritu Santo ay ang babala laban sa mga walang-kabuluhan at masasamang salita. Ang mga salita ay tagapagpahiwatig ng nilalaman ng puso. "Sa kasaganaan ng puso ay nagsasalita ang bibig." Nguni't ang mga salita ay higit pa kaysa tagapaghiwatig ng likas; may kapangyarihan din ang mga ito na magkaroon ng impluwensiya sa likas. Ang mga tao ay naiimpluwensiyahan ng kanilang sariling mga salita. Madalas na kapag suman-daling nadadala ng damdaming udyok ni Satanas, sila'y nakakabigkas ng paninibugho o ng masamang haka, at nakapagpapahayag ng bagay na hindi nila tunay na pina-niniwalaan; nguni't ang ipinahahayag ay nakakaimpluwensiya sa pag-iisip. Nadadaya sila ng sarili nilang mga salita, at pinaniniwalaan na tuloy yaong nasabi sa udyok ni Satanas. Palibhasa'y naipahayag na nila ang isang kuru-kuro o kapasiyahan, malimit na nahihiya na silang bawiin ito dahil sa

kanilang kapalaluan, at pinagsisikapan na lamang nilang patunayan na sila'y tama o nasa matwid, hanggang sa paniwalaan na rin nilang sila'y tama nga. Mapanganib ang magpahayag ng isang salita ng pag-aalinlangan, mapanganib na pag-alinlanganan at tuligsain ang liwanag na mula sa Diyos. Ang ugaling walang-ingat at walang- [450]
galang na pagtuligsa ay nagkakaroon ng impluwensiya sa likas, sa pagpapapayabong ng kawalang-pagga-lang at ng di-paniniwala. Ang taong gumagawa ng ugaling ito ay nalululong sa paggawa nito nang di-namamalayan ang panganib, hanggang sa maging handa na siya na tuligsain at tanggihan ang paggawa ng Banal na Espiritu. Sinabi ni Jesus, "Ang bawa't salitang walang-kabuluhang sabihin ng mga tao ay ipagsusulit nila sa araw ng paghuhukom. Sapagka't sa iyong mga salita ikaw ay magi-ging banal, at sa iyong mga salita ay hahatulan ka." Pagkatapos ay idinagdag Niya ang isang babala sa mga nakintalan ng Kaniyang mga salita, na buong katuwaang nakinig sa Kaniya, nguni't hindi nagpasakop ng kanilang mga sarili upang panahanan ng Espiritu Santo. Hindi dahil lamang sa paglaban kundi dahil din naman sa kapabayaan kung kaya napapahamak ang kaluluwa. "Pagka ang karumal-dumal na espiritu ay lumabas sa tao," wika ni Jesus, "ay lumalakad sa mga dakong walang tubig, na humahanap ng kapahingahan, at hindi makasumpong. Kung magkagayo'y sinasabi niya, Babalik ako sa aking bahay na nilabasan ko; at pagdating niya, ay nasusumpungan niyang walang laman, walis na, at naga-gayakan. Kung magkagayo'y yumayaon siya, at nagsasama ng pito pang espiritu na lalong masasama kaysa kaniya, at sila'y nagsisipasok at nagsisitahan doon."

Marami noong panahon ni Kristo, kagaya rin naman ngayon, ang wari mandi'y wala na sa kontrol ni Satanas; sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos ay pinalaya na sila sa masasamang espiritung nakapangyari sa kaluluwa. Maligaya na nilang tinatamasa ang pag-ibig ng Diyos; su-bali't katulad ng mga tagapakinig na kinakatawan ng batuhang-lupa sa talinhaga, hindi sila nanatili sa Kaniyang pag-ibig. Hindi nila ipinasakop sa Diyos ang kanilang sarili araw-araw, upang nakapanahan sana si Kristo sa kanilang puso; kaya't nang magbalik ang masamang espiritu, na kasama ang "pito pang espiritu na lalong masasama kaysa kaniya," ay buung-buo silang nalupig ng [451]
kapangyarihan ng masama.

Pagka ipinasasakop ng tao ang sarili kay Kristo, isang bagong kapangyarihan ang tumatahan o umaangkin sa bagong puso. Isang pagbabago ang nagagawa na hindi kayang gawin ng tao sa kaniyang sarili. Ito'y isang gawaing hindi sa tao, na nagpapasok sa likas ng tao ng isang elemento o sangkap na hindi sa tao. Ang kaluluwang ipinasasakop kay Kristo ay nagiging sarili Niyang moog, na hinahawakan Niya sa sanlibutang naghihimagsik, at dito'y binabalak Niyang sarili Niyang kapangyarihan ang kikilalanin. Ang isang kaluluwang sa ganitong paraa'y na-aangkin ng kapangyarihan sa langit ay matibay at dimaigugupo ng mga pananalakay ni Satanas. Subali't malibang tunay nating ipinasasakop ang ating mga sarili sa kapangyarihan ni Kristo, ay tayo'y mapaghaharian ng isang masama. Hindi natin maiiwasang mapasailalim ng isa o ng ikalawa sa dalawang malalaking kapangyarihang nagtutunggalian para makapangibabaw sa sanlibutan. Hindi natin kailangang kusang piliin ang paglilingkod sa kaharian ng kadiliman upang mapasailalim ng pagpupuno nito. Ang kailangan lamang nating gawin ay huwag makapanig sa kaharian ng liwanag. Kung hindi tayo nakikipagtulungan sa mga kinakasangkapan ng langit, si Satanas ang aangkin sa puso, at ito'y gagawin niyang taha-nang dako. Ang tangi nating sanggalang laban sa masama ay ang patirahin si Kristo sa puso sa pamamagitan ng pananampalataya sa Kaniyang katwiran. Malibang tayo'y mapaugnay nang buhay sa Diyos, ay di-kailanman natin mapaglalabanan ang masamang nagagawa ng pag-ibig sa sarili, pagpapairog sa sarili, at ang matukso sa paggawa ng pagkakasala. Maaaring iwan natin ang maraming masasamang kinaugalian, at maaaring may isang panahon ding humiwalay tayo sa pakikisama kay Satanas; subali't kung walang buhay na pagkakaugnay sa Diyos, sa pama-magitan ng
[452] pagsusuko ng ating mga sarili sa Kaniya sa bawa't sandali, ay tayo'y madadaig. Kung walang personal na pakikipagkilala kay Kristo, at ng patuloy na pakikipag-usap sa Kaniya, ay mapapasakamay tayo ng ka-away, at gagawin naman niya sa atin ang kaniyang maibigan sa wakas.

"Nagiging lalo pang masama ang huling kalagayan ng taong yaon kaysa una. Gayundin ang mangyayari," wika ni Jesus, "sa masamang lahing ito." Wala nang lubhang titigas pa sa kalooban ng mga taong nagwalang-halaga sa paanyaya ng kahabagan ng Diyos, at nagsihamak sa Espiritu ng biyaya. Ang pinakakaraniwang nakiki-

tang kasalanan laban sa Espiritu Santo ay nasa palaging pagwawalang halaga o di-pagpansin sa paanyaya ng Langit na magsisi. Ang bawa’t hakbang sa pagtatakwil kay Kristo ay hakbang namang patumpa sa pagtanggi sa kaligtasan, at patumpa sa pagkakasala laban sa Banal na Espiritu.

Sa pagtatakwil ng bansang Hudyo kay Kristo ay nakagawa sila ng walang-kapatawarang pagkakasala; at sa pamamagitan naman ng pagtanggi natin sa paanyayang kaawaan ng Diyos, ay maaari rin tayong makagawa ng gayunding pagkakamali. Pagka tayo’y tumatangging makinig sa itinalaga Niyang mga tagapagbalita, at sa halip ay nakikinig tayo sa mga kinakasangkapan ni Satanas, na naglalayo ng kaluluwa kay Kristo, ay hinahamak natin ang Prinsipe ng buhay, at inilalagay natin Siya sa hayag na pagkapahiya sa harap ng sinagoga ni Satanas at sa harap ng sangkalangitan. Habang ganito ang gina-gawa ng isang tao, ay hindi siya makakasumpong ng pag-asa o kapatawaran man, at mawawalan siya sa wakas ng pagnanasang makipagkasundo sa Diyos.

Nang kasalukuyang nagtuturo si Jesus sa mga tao, ay inihatid ng Kaniyang mga alagad ang balitang naroon ang Kaniyang ina at mga kapatid, at nais makipagkita sa Kaniya. Talastas Niya kung ano ang nasa kanilang mga puso, kaya’t “Siya’y sumagot at sinabi sa nagsabi sa Kaniya, Sino ang Aking ina? at sinu-sino ang Aking mga [453]
kapatid? At iniunat Niya ang Kaniyang kamay sa Kaniyang mga alagad, at sinabi, Narito ang Aking ina at ang Aking mga kapatid! Sapagka’t sinumang gumaganap ng kalooban ng Aking Ama na nasa langit, ay siyang Aking kapatid na lalaki, at Aking kapatid na babae, at ina.”

Lahat ng tatanggap kay Kristo sa pamamagitan ng pananampalataya ay napapaugnay sa Kaniya nang lalo pang malapit kaysa pagkakamag-anak ng tao. Sila’y nagi-ging kaisa Niya, kung paano rin namang Siya at ang Ama ay iisa. Bilang isang sumasampalataya at gumaganap ng Kaniyang mga salita, ang ina Niya ay lalong malapit at lalong ligtas ang pagkakaugnay sa Kaniya kaysa katutubo nilang pagkakamag-anak. Ang mga kapatid Niya sa laman ay walang pakikinabanging anuman sa pagiging kapatid Niya malibang tanggapin nila Siya bilang sarili nilang Tagapagligtas.

Kaylaki sana ng naitulong kay Kristo ng mga kapatid Niya sa laman kung sumampalataya lamang sila sa Kaniya bilang isa na

nanggaling sa langit, at kung tumulong lamang sila sa Kaniya sa paggawa ng gawain ng Diyos! Ang kanilang di-paniniwala ay nagpalungkot sa buhay ni Jesus sa lupa. Bahagi ito ng mapait na saro ng kapighatiang Kaniyang ininuman dahil sa atin.

Ang paglaban sa ebanghelyo ng puso ng tao ay matinding naramdaman ng Anak ng Diyos, at lalong matindi ang kirot na naidulot nito sa Kaniya sa Kaniyang tahanan; sapagka't ang puso Niya ay puno ng kagandahang-loob at pag-ibig, at pinahahalagahan Niya ang magiliw na pagsasamahan sa sambahayan. Ibig ng mga kapatid Niyang sumunod Siya sa kanilang mga kuru-kuro, gayong ang ganitong hakbang ay lubos na nasasalungat sa Kaniyang banal na misyon. Ang tingin nila sa Kaniya ay nangangailangan Siya ng payo nila. Hinatulan nila Siya nang ayon sa pananaw ng tao, at inakala nilang kung ang sasalitain lamang Niya ay yaong mga bagay na
[454] tatanggapin ng mga eskriba at mga Pariseo, ay maiiwasan Niya ang di-kanais-nais na pagtatalong nilikha ng Kaniyang mga salita. Inakala nilang Siya'y nahihibang sa pagsasabi Niyang angkin Niya ang kapangyarihan ng Diyos, at sa paglalagay Niya sa Kaniyang sarili bilang isang tagasumbat ng mga kasalanan ng mga rabi. Talos nilang humahanap ng pagkakataon ang mga Pariseo upang maparatangan Siya, at sa pakiramdam nila'y nabigyan Niya ang mga ito ng sapat na pagkakataon.

Hindi matarok ng maigsi nilang panukat ang misyong pinarituhan ni Jesus upang gampanan, at dahil dito'y hindi nila magawang makiramay sa Kaniya sa mga pagsubok na sumasapit sa Kaniya. Ang magagaspang at walang-pagpapahalaga nilang mga salita ay nagpakilalang wala silang tunay na pagkakilala sa Kaniyang likas, at hindi nila napag-unawa ang paglalakip ng pagka-Diyos at ng pagkatao. Malimit nilang makita Siyang lipos ng pagkahapis; nguni't sa halip na Siya'y aliwin, ang diwa nila't mga salita ay nakasugat lamang sa Kaniyang puso. Ang maramdamin Niyang likas ay sinaktan, ang mga layunin Niya'y pinagkamalian at ang Kaniyang gawain ay di-naunawaan.

Madalas gamitin ng Kaniyang mga kapatid ang pilosopiya ng mga Pariseo, na gapok at inuuban sa katandaan, at inakala nilang matuturuan nila Siya na nakauunawa ng lahat ng katotohanan, at nakatatarok ng lahat na mga hiwaga. Malaya nilang hinatulan yaong bagay na hindi mapag-unawa. Dinamdam Niya ang kanilang mga

pag-alipusta, at nanlumo at napighati ang Kaniyang kaluluwa. Ipinamarali nilang sila’y sumasampalataya sa Diyos, at inakala pang ipinagsasanggalang nila ang Diyos, gayong ang Diyos ay kasama na nila sa katawan ng tao, at hindi nila Siya nakilala.

Ang mga bagay na ito ang ikinapaging matinik ng landas na Kaniyang dinaanan. Lubhang nasaktan si Kristo sa di-pagkaunawa o maling-palagay sa Kaniya ng mga kasama Niya sa tahanan na anupa’t nakaginhawa sa Kaniyang kalooban ang magtungo sa pook [455]
na wala nito. May isang tahanang kinagigiliwan Niyang dalawin—ang tahanan nina Lazaro, Maria at Marta; sapagka’t nagkakaroon ng kapahingahan ang Kaniyang diwa sa pook na may simoy ng pananampalataya at pag-ibig. Gayunma’y wala isa man sa lupa na nakaunawa ng Kaniyang banal na misyon, o nakadama man ng mabigat na pasaning dinadala Niya alang-alang sa sangkatauhan. Madalas na nakakasumpong lamang Siya ng kaginhawahan kung Siya’y nag-iisa, at kung Siya’y nakikipag-usap sa Kaniyang Amang nasa langit.

Yaong mga tinatawagang magsipagbata alang-alang kay Kristo, na kinakailangang magsipagtiis na di-maunawaan at di-mapagtiwalaan, sa sarili pa nilang tahanan, ay maaaring makasumpong ng kaaliwan kung iisipin nila na si Jesus ay nagtiis din nang gayon. Siya’y nahahabag sa kanila. Inaatasan Niya silang hanapin ang pakikisama Niya, at ang ginhawa sa kinatagpuan Niya nito, sa pakikipag-usap sa Ama.

Ang mga tumatanggap kay Kristo bilang kanilang sariling Tagapagligtas ay hindi pinababayaang parang mga ulila, na papagtitiisin ng mga pagsubok sa buhay nang nag-iisa. Tinatanggap Niya sila bilang mga kaanib ng sambahayan sa langit; inaatasan Niya sila na tawagin nilang Ama ang Kaniyang Ama. Sila ang Kaniyang “mga maliliit,” na mahal sa puso ng Diyos, at nakatali sa Kaniya sa pamamagitan ng mga panali ng pag-ibig at pagmamahal. Pinag-uukulan Niya sila ng lubos na pagmamahal, na higit pa sa pagmamahal sa atin ng ating ama o ina sa ating kawalang-kaya na gaya ng kung paanong ang Diyos ay dakila kaysa tao.

Tungkol sa kaugnayan ni Kristo sa Kaniyang bayan, may isang magandang halimbawa sa mga kautusang ibinigay sa Israel. Kapag dahil sa paghihirap ay mapilitan ang isang Hebreo na ipagbili ang kaniyang mana, at ipagbili pa rin ang kaniyang sarili na bilang isang

[456] alipin, ang tungkulin ng pagtubos sa kaniya at sa kaniyang mana ay nahuhulog sa pinakamalapit niyang kamag-anak. Tingnan ang Levitico 25:25, 47-49; Ruth 2:20. Kaya nga ang gawain ng pagtubos sa atin at sa ating mana, na nawala dahil sa kasalanan, ay nahulog sa Kaniya na ating "malapit na kamag-anak." Upang tayo'y tubusin kaya Siya'y naging ating kamag-anak. Ang Panginoong ating Tagapagligtas ay lalo pang malapit kaysa ama, ina, kapatid, kaibigan, o kasintahan. "Ikaw ay huwag matakot," wika Niya, "sapagka't tinubos kita, tinawag kita sa iyong pangalan; ikaw ay Akin." "Yamang ikaw ay naging mahalaga sa Aking paningin, at kagalang-galang, at Aking inibig ka: kaya't magbibigay Ako ng mga tao na pinakatubos sa iyo, at ng mga bayan na pinakatubos sa iyong buhay." Isaias 43:1, 4.

Iniibig ni Kristo ang mga anghel sa langit na nakapalibot sa Kaniyang luklukan; subali't ano ang maipapa-liwanag sa malaking pag-ibig na iniibig Niya sa atin? Hindi natin ito maunawaan, gayunma'y nalalaman nating ito'y totoo sa ating karanasan. At kung kinikilala nating Siya'y ating kamag-anak, dapat nga nating pakamahalin ang mga kapatid na lalaki at mga kapatid na babae ng ating Panginoon! Hindi ba natin gagawin agad ang mga tungkulin ng ating banal na pagkakamag-anak? Pagka-tapos na mapabilang tayo sa sambahayan ng Diyos, hindi ba natin pararangalan o igagalang
[457] ang ating Ama at ang ating mga kamag-anak?

# Kabanata 34—Ang Paanyaya

Ang kabanatang ito ay batay sa Mateo 11:28-30.

"Magsiparito sa Akin, kayong lahat na nangapa-pagal at nangabibigatang lubha, at kayo'y Aking papag-papahingahin." Ang mga nakaaaliw na salitang ito ay ipinahayag ni Jesus sa karamihang sumunod sa Kaniya. Sinabi ng Tagapagligtas na sa pamamagitan lamang Niya makatatanggap ang mga tao ng isang pagkakilala sa Diyos. Sinabi Niyang ang Kaniyang mga alagad ay siyang biniyayaang makaalam ng tungkol sa mga bagay ng langit. Nguni't hindi Niya pinabayaang madama ng sinuman na sila'y hindi kabilang sa Kaniyang iniingatan at iniibig. Lahat ng nagpapagal at nabibigatang lubha ay malayang makalalapit sa Kaniya.

Ang mga eskriba at mga rabi, sa maingat nilang pagtalima sa mga paraan at ayos ng kanilang pagsamba, ay nakadamang may kulang pa rin na hindi naibibigay ng mga rito ng pagpapakasakit. Ang mga maniningil ng buwis at ang mga makasalanan ay maaaring magkunwaring nasisiyahan na sa mga bagay na panlaman at panlupa, subali't sa kaibuturan ng kanilang mga puso ay namamahay ang pagaalaala at ng pagkatakot. Minasdan ni Jesus ang mga naguguluhan at mga pusong kalong ng panimdim, ang mga naunsiyami ang mga pag-asa, at ang mga taong sa pamamagitan ng mga kaligayahang [458]
panlupa ay nagsisipagsikap na patahimikin ang pagmimithi't pananabik ng kaluluwa, at inanyayahan Niya ang lahat na humanap ng kapahingahan sa Kaniya.

Magiliw Niyang inatasan ang mga taong nagsisipagpagal, "Pasanin ninyo ang Aking pamatok, at mag-aral kayo sa Akin; sapagka't Ako'y maamo at mapagpakumbabang puso: at masusumpungan ninyo ang kapahingahan ng inyong mga kaluluwa."

Sa mga pangungusap na ito ay nagsasalita si Kristo sa bawa't tao. Sa alam man nila o hindi, lahat ay pagod at nabibigatang lubha. Lahat ay nabibigatan sa mga pasaning si Jesus lamang ang makaaalis. Ang pinakamabigat na pasaning ating dinadala-dala ay

ang kasalanan. Kung pababayaan tayo na pasanin ito nang nag-iisa, dudurugin tayo nito. Datapwa't Isang Walang-kasalanan ang kumuha ng ating lugar. "Ipinasan ng Panginoon sa Kaniya ang kasamaan nating lahat." Isaias 53:6. Pinasan Niya ang bigat ng ating kasalanan. Iibsan Niya ng pasan ang ating mga pagod na balikat. Tayo'y Kaniyang papagpapahingahin. Ang dinadala nating alalahanin at kalungkutan ay Kaniya ring papasanin. Inaanyayahan Niya tayo na ating ilagak sa Kaniya ang lahat nating kabalisahan; sapagka't dinadala Niya tayo sa Kaniyang puso.

Ang Panganay na kapatid ng ating lahi ay nasa tabi ng walang-hangang luklukan. Tinitingnan Niya ang bawa't kaluluwang pumip-ihit sa Kaniya bilang siya nitong Tagapagligtas. Sa pamamagitan ng karanasan ay nalalaman Niya ang mga kahinaan ng mga tao, kung ano ang ating mga pangangailangan, at kung saan nakasalig ang lakas ng mga pagtukso sa atin; sapagka't Siya rin ay tinukso sa lahat ng paraang gaya naman natin, gayunma'y hindi nagkasala. Binabantayan ka Niya, ikaw na nanginginig na anak ng Diyos. Ikaw ba ay tinutukso? Siya'y magliligtas. Ikaw ba'y mahina? Siya'y
[459] magpapalakas. Ikaw ba'y walang-nalalaman? Siya'y magbibigay ng unawa. Ikaw ba'y nasugatan? Siya'y magpapagaling. "Sinasaysay" ng Panginoon "ang bilang ng mga bituin;" at gayunma'y "Kaniyang pinagagaling ang mga may bagbag na puso, at tinatalian Niya ang kanilang mga sugat." Awit 147:4, 3. "Magsiparito kayo sa Akin," anyaya Niya. Anuman ang inyong mga kabalisahan at mga pag-subok, ilahad ninyong lahat sa harap ng Panginoon. Palalakasin Niya ang inyong loob upang kayo'y makatagal. Kaniyang bubuksan ang daan para sa inyo upang kayo'y maka-wala sa pagkapahiya at pagkagipit. Kung kailan ninyo nararamdamang kayo'y lalong mahina at lalong walang-kaya, doon naman lalo kayong lalakas sa pamamagitan ng Kaniyang kalakasan. Kung kailan lalong mabigat ang inyong mga pasan, doon naman lalong mapalad ang magpahinga sa pamamagitan ng paglalagak ng pasaning ito sa Tagapagdala ng Pasanin. Ang kapahingahang ini-aalok ni Kristo ay nakasalig sa mga kondisyon, nguni't ang mga kondisyong ito ay malinaw na sinasabi ng tiyak. Ang mga ito ay yaong kaya ng lahat na gampanan. Sinasabi Niya sa atin kung paano masusumpungan ang Kaniyang kapahingahan.

"Pasanin ninyo ang Aking pamatok," sabi ni Jesus. Ang pamatok ay isang kasangkapan sa paglilingkod. Ang mga baka ay pinapamatukan sa paggawa o pagtatrabaho, at kailangan ang pamatok upang makagawa nang mabisa. Sa pamamagitan ng halimbawang ito ay itinuturo ni Kristo sa atin na tayo'y tinatawagang maglingkod habang nabubuhay. Dapat nating pasanin ang Kaniyang pamatok, upang tayo'y maging mga kamanggagawa Niya.

Ang pamatok na nagpapalakas sa paglilingkod ay ang kautusan ng Diyos. Ang dakilang kautusan ng pag-ibig na inihayag sa Eden, itinanyag sa Sinai, at ayon sa Bagong Tipan ay isinulat sa puso, ay siyang nagpapalakas sa tao upang magawa niya ang kalooban ng Diyos. Kung tayo'y pababayaang sumunod sa sarili nating mga hilig, na yumaon sa bala nating maibigan, ay mahuhulog tayo sa mga [460] kampon ni Satanas at mapapasaatin ang mga likas nito. Dahil nga rito'y kinukulong tayo ng Diyos sa Kaniyang kalooban, na matayog, at marangal, at nagta-taas. Ang nais Niya'y buong katiyagaan at katalinuhan tayong gumawa ng mga gawain ng paglilingkod. Ang pamatok ng paglilingkod na pinasan ni Kristo na rin sa sangkatauhan. Sinabi Niya, "Aking kinalulugurang sundin ang Iyong kalooban, Oh Diyos ko: oo, ang Iyong kautusan ay nasa loob ng Aking puso." Awit 40:8. "Bumaba Akong mula sa langit, hindi upang gawin Ko ang Aking sariling kalooban, kundi ang kalooban ng nagsugo sa Akin." Juan 6:38. Pag-ibig sa Diyos, pagsisikap sa ikaluluwalhati Niya, at pag-ibig sa mga taong nagkasala, ang nagpababa kay Jesus sa lupa upang magbata ng hirap at upang mamatay. Ito ang sumusupil na kapang-yarihan sa Kaniyang buhay. Ang simulaing ito ang ini-aatas Niya sa atin na gamitin natin.

Maraming tao ang naninimdim ang puso sa bigat ng alalahanin sapagka't pinipilit nilang abutin ang pamantayan ng sanlibutan. Pinili nilang ito ang paglingkuran, tinanggap din nila ang mga dulot nitong kagulumihanan, at kinuha't ginamit ang mga kaugalian nito. Kaya nga nadungisan ang kanilang likas, at ang kanilang buhay ay naging isang kapaguran. Upang mabigyang-kasiyahan ang kanilang ambisyon at mga hangaring makasanlibutan, sinusugatan nila ang kanilang budhi, at dinaragdagan pa nila ang kanilang ipagsisisi. Ang laging pag-aala-ala ay nagpapahina sa lakas ng buhay. Hangad ng ating Panginoon na itabi nila ang pamatok na ito ng pagka-alipin. Inanyayahan Niya silang tanggapin ang Kaniyang pamatok; sinasabi

Niyang, "Malambot ang Aking pamatok, at magaan ang Aking pasan." Inaatasan Niya silang hanapin muna ang kaharian ng Diyos at ang Kaniyang katwiran, at Siya nama'y nangangakong ang lahat ng mga bagay na kailangan nila sa buhay na ito ay idaragdag sa
[461] kanila. Ang pag-aalaala ay bulag, at di-nakikita ang dumarating; nguni't nakikita ni Jesus ang wakas buhat sa pasimula. Sa bawa't kahirapan ay may nakhanda Siyang paraan upang makapaghatid ng ginhawa. Ang ating Ama sa langit ay may libong paraan ng pag-tulong sa atin, na hindi natin nalalaman. Ang mga tumatanggap sa tanging simulain na unahin mima ang pag-lilingkod at pagpa-parangal sa Diyos ay makakasumpong na ang mga kagulumihanan ay mawawala, at mapapa-tag ang landas sa unahan ng kanilang mga paa.

"Mag-aral kayo sa Akin," wika ni Jesus, "sapagka't Ako'y maamo at mapagpakumbabang puso: at masusum-pungan ninyo ang kapahingahan." Dapat tayong pumasok sa paaralan ni Kristo, upang mag-aral sa Kaniya ng kaamuan at kapakumbabaan. Ang pagtubos ay ang paraang yaon ng pagsasanay sa kaluluwa para sa langit. Ang pagsasanay na ito ay nangangahulugan ng pagkakilala kay Kristo. Ito'y nangangahulugan ng paglaya sa mga kuru-kuro, mga kaugalian, at mga gawaing natutu-han sa paaralan ng prinsipe ng kadiliman. Ang kaluluwa ay kailangang mahango sa lahat na salungat o laban sa pagtatapat sa Diyos.

Sa puso ni Kristo, na pinaghaharian ng sakdal na pakikipagkaisa sa Diyos, ay may sakdal na kapayapaan. Di-kailanman Siya pina-paging-mapagmataas ng mga palakpak, ni pinapanlupaypay man ng tuligsa at pagka-bigo. Sa gitna ng pinakamasidhing pagsalungat at pina-kamalupit na inasal sa Kaniya, nanatili pa ring mabuti at panatag ang Kaniyang loob. Datapwa't ang maraming nagpapang-gap na sumusunod sa Kaniya ay may mga pusong balisa at bagabag, sapagka't sila'y natatakot mag-tiwala sa Diyos. Hindi sila guma-gawa ng isang lubos o ganap na pagpapasakop sa Kaniya; sapagka't nangungunti sila sa mga ibubunga ng gayong pagpapasakop. Mal-ibang gumawa sila ng ganitong pagpapasakop, ay hindi sila makaka-sumpong ng kapayapaan.

[462] Pag-ibig sa sarili ang nagdudulot ng kawalang-kapanatagan. Kung tayo'y ipinanganak buhat sa itaas, ang pag-iisip na nasa kay Kristo ay siya ring sasaatin, ang pag-iisip na umakay sa Kaniya na

magpakumbaba upang tayo'y maligtas. Hindi nga natin hahangarin ang pinaka-mataas na puwesto. Hahangarin nating maupo sa paanan ni Jesus, at mag-aral sa Kaniya. Mapag-uunawa nating ang halaga ng ating gawain ay wala sa pagtatang-hal at pagbabando sa sanlibutan, at wala rin sa pagi-ging masigla at pagiging masigasig sa ating sariling lakas. Ang halaga ng ating gawain ay nasa sukat ng Espiritu Santong ibinibigay Niya. Ang pagtitiwala sa Diyos ay nagdudulot ng lalong banal na mga katangian ng pag-iisip, na anupa't sa pamamagitan ng pagtitiis ay maaari nating masupil ang ating mga kaluluwa.

Ang pamatok ay ipinapasan sa mga baka upang tulu-ngan ang mga ito sa paghila ng dala, at upang mapagaan ang dalahin. Ganyan din ang pamatok ni Kristo. Pagka ang ating kalooban ay ipinasasakop sa kalooban ng Diyos, at ginagamit natin ang mga kaloob Niya upang tumu-long at magpala sa mga iba, ay masusumpungan nating gumagaan ang pasanin sa buhay. Ang taong lumalakad sa daan ng mga utos ng Diyos ay lumalakad na kasama ni Kristo, at sa Kaniyang pag-ibig ay nakakasumpong ng kapahingahan ang puso. Nang si Moises ay manalanging, "Ituro Mo sa akin ngayon ang Iyong mga daan, upang Ikaw ay aking makilala," ay ganito ang sagot sa kaniya ng Panginoon, "Ako'y sasaiyo, at ikaw ay Aking bibigyan ng kapahingahan." At sa pamamagitan ng mga propeta ay ibinigay ang pasabing, "Ganito ang sabi ng Panginoon, Magsitayo kayo sa mga daan, at magsiti-ngin kayo, at ipagtanong ninyo ang mga dating landas, kung saan nandoon ang mabuting daan at magsilakad kayo roon, at kayo'y mangakakasumpong ng kapahingahan sa inyong mga kaluluwa." Exodo 33:13, 14; Jeremias 6:16. At sinasabi Niya, "Oh kung dininig mo ang Aking mga utos! ang iyo ngang kapayapaan ay naging parang ilog, at ang iyong katwiran ay parang mga [463]
alon sa dagat." Isaias 48:18.

Ang mga nananalig sa salita ni Kristo, at nagpapa-sakop ng kanilang mga kaluluwa upang ingatan Niya, at nagpapasakop ng kanilang mga buhay upang isaayos Niya, ay makakasumpong ng kapayapaan at kapanata-gan. Walang anumang bagay sa sanlibutan na makapag-papalungkot sa kanila yamang pinasasaya sila ng paki-kiharap ni Jesus. Sa lubos na pagpapasakop ay may ganap na kapayapaan. Sinasabi ng Panginoon, "Iyong iingatan siya sa lubos na kapayapaan, na ang pag-iisip ay sumasa Iyo: sapagka't

siya'y tumitiwala sa Iyo." Isaias 26:3. Maaaring tila mandin magusot ang ating mga buhay; subali't kapag ipinagkakatiwala natin ang ating mga sarili sa pantas na Gurong Manggagawa, ay lilikha Siya ng huwarang buhay at likas na ikaluluwalhati Niya. At ang likas na yaong naghahayag ng kaluwalhatian—maluwal-hating likas—ni Kristo ay tatanggapin sa Paraiso ng Diyos. Isang lahing binago ang lalakad na kasama Niya na nararamtan ng puti, sapagka't sila'y mga karapat-dapat.

Yamang sa pamamagitan ni Jesus ay pumapasok tayo sa kapahingahan, ang langit ay nagpapasimula na rito. Tumutugon tayo so Kaniyang paanyayang, Magsiparito kayo, mag-aral kayo sa Akin, at sa ganitong paglapit ay pinasisimulan na natin ang buhay na walang-hanggan. Ang langit ay isang walang-tigil na paglapit sa Diyos sa pamamagitan ni Kristo. Lalo tayong magtagal sa langit ng lubos na kaligayahan, lalo at lalo namang kaluwalhatian ang mabubuksan sa atin; at kapag lalo nating nakikilala ang Diyos, lalo namang magiging matindi ang ating kaligayahan. Sa paglakad nating kasama ni Jesus sa buhay na ito, ay mapupuno tayo ng Kaniyang pag-ibig, at masisiyahan sa Kaniyang pakikisama. Lahat ng kayang bathin ng likas ng tao, ay maaari nating tanggapin dito. Subali't ano ito kung ihahambing sa buhay na walang-hanggan? Doon "sila'y
[464] nasa harapan ng luklukan ng Diyos, at nangaglilingkod sa Kaniya araw at gabi sa Kaniyang templo: at Siyang nakaupo sa luklukan ay lulukuban sila ng Kaniyang tabernakulo. Sila'y hindi na magugutom pa, ni mauuhaw pa man; ni hindi na sila tatamaan ng araw, o ng anumang init. Sapagka't ang Kordero na nasa gitna ng luklukan ay siyang magiging pastor nila, at sila'y pa-patnugutan sa mga bukal ng tubig ng buhay: at papahirin ng Diyos ang bawa't luha sa kanilang
[465] mga mata." Apocalipsis 7:15-17.

## Kabanata 35—“Pumayapa Ka, Tumahimik Ka”

Ang kabanatang ito ay batay sa Mateo 8:23-34; Marcos 4:35-41; 5:1-20; Lukas 8:22-39.

Putos ng mga pangyayari ang araw na iyon sa buhay ni Jesus. Sinalita Niya sa tabi ng Dagat ng Galilea ang Kaniyang unang mga talinhaga, at sa pamamagitan ng mga karaniwang halimbawa ay muli Niyang ipinaliliwanag sa mga tao ang uri ng Kaniyang kaharian at ang paraan ng pagtatatag nito. Itinulad Niya sa manghahasik ang Kaniyang sariling gawain; ang paglaki ng Kaniyang kaharian ay itinulad Niya sa pagtubo at paglago ng binhi ng mustasa at ang nagagawa ng lebadura sa isang takal na arina. Ang pagbubukud-bukod na gagawin sa huling panahon sa mga matwid at sa mga masasama ay inila-rawan Niya sa mga talinhaga ng trigo at ng mga pansirang-damo at ng lambat na pamalakaya. Ang walang-katulad na kahalagahan ng mga katotohanang itinuro Niya ay inilarawan sa pamamagitan ng natatagong kayamanan at ng mahalagang perlas, samantalang sa talinhaga naman ng puno ng sambahayan ay itinuro Niya sa Kaniyang mga alagad kung paano sila magsisigawa bilang mga kinatawan Niya.

Buong maghapon Siyang nagtuturo at nagpapagaling; at nang lumalaganap na ang dilim ng gabi ay patuloy pa ring nagsisiksikan sa Kaniya ang mga tao. Araw-araw ay naglingkod Siya nang gayon sa kanila, na halos hindi na makatigil para kumain o magpahinga. [466]
Ang masasamang panunuligsa at maling hinala na ikinakalat ng mga Pariseo saanman Siya pumaroon ay lalong nagpahirap sa Kaniyang paggawa; at ngayon sa pagtatapos ng maghapon ay masusumpungan Siyang pagal na pagal na anupa’t ipinasiya Niyang maghanap ng mapagpapahingahan sa isang liblib na pook sa kabila ng dagat.

Ang silangang baybayin ng Genesaret ay pinaninira-hanan din ng mga tao, sapagka’t may mga bayan dito at doon sa tabi ng dagat; nguni’t kung itutulad sa dakong kanluran ay ito’y parang isang ilang. Sa mga taong nani-nirahan dito ay higit na marami ang mga pagano

kaysa mga Hudyo, at walang gaanong pakikipagtalastasan sa Galilea. Kaya nga ito ang naghandog kay Jesus ng mapag-papahingahang hinahanap Niya, at ngayon nga'y niyaya Niya ang mga alagad Niya na Siya'y samahan hanggang doon.

Nang mapauwi na Niya ang mga karamihan, ay pinalulan nila Siya sa daong, at sila'y nagmamadaling umalis. Nguni't hindi sila lamang ang umalis. May iba pang mga pangisdang bangka na nangakahimpil sa malapit sa bay-bayin, at ang mga ito ay karaka-rakang napuno ng mga taong nagsisunod kay Jesus, na sabik pa ring makita Siya at marinig.

Sa wakas ay nakalaya ang Tagapagligtas sa nagsisik-sikang karamihan, at, palibhasa'y gapi ng matinding gutom at pagod, Siya'y nahiga sa mga hulihan ng daong, madaling nakatulog. Tahimik at kaiga-igaya ang gabi, at payapa ang dagat; datapuwa't di-kaginsa-ginsa'y lumaganap ang dilim sa himpapawid, ang hangin ay humampas nang buong karahasan sa kahabaan ng buong silangang baybayin, at isang nag-aalimpuyong unos ang sumambulat sa dagat.

Lubog na ang araw, at ang maitim na kumot ng gabi ay lumatag na sa ibabaw ng nagngangalit na dagat. Ang mga alon, na
[467] hinahagupit nang buong bangis ng nag-iinu-
gong na hangin, ay marahas na sumasampa sa ibabaw ng daong ng mga alagad, at nagtatangkang tabunan ito. Sa dagat na tumanda ang matitibay na mga mangingisdang ito, at ang kanilang daong ay di-iilang beses na nailigtas nila sa maraming bagyo; datapuwa't ngayo'y nawalang-kabuluhan ang kanilang kalakasan at kasanayan. Wala silang magawa sa pagkakadaklot sa kanila ng bagyo, at pinanawan na rin sila ng pag-asa nang makita nilang napupuno na ng tubig ang kanilang daong.

Palibhasa'y buhos na buhos ang kanilang isip sa pagsisikap na mailigtas ang kanilang mga sarili, nalimutan na nilang si Jesus ay kasama nila sa daong. Ngayon, nang kanilang makitang walang mangyayari sa kanilang pag-papakapagod at nasa unahan na lamang nila ang kamatayan, ay nagunita nila ang nag-utos sa kanila na tumawid ng dagat. Si Jesus na lamang ang tangi nilang pag-asa. Sa kanilang kawalang-kaya at kawalang-pag-asa ay sumigaw sila, "Panginoon! Panginoon!" Nguni't hindi nila Siya makita sa pusikit na kadiliman. Ang mga tinig nila ay nilunod ng nag-uumangil at nag-iinugong na bagyo, at wala silang narinig na sagot. Sinakbibi

sila ng pag-aalin-langan at pagkatakot. Pinabayaan na kaya sila ni Jesus? Siya kaya na gumapi sa mga sakit at sa mga demonyo, at pati sa kamatayan, ay walang-kapangyarihan upang matulungan ang Kaniyang mga alagad ngayon? Hindi kaya Niya sila inaalaala sa kanilang matinding kabagaba-gan?

Muli silang tumawag, nguni't wala ring sagot silang napakinggan liban sa pag-iinugong ng nag-aalimpuyong hampas ng hangin. Lumulubog na ang kanilang daong. Sasandali na lamang, at sa malas ay lalamunin na sila ng hayok na tubig ng dagat.

Di-kaginsa-ginsa'y gumuhit sa kadiliman ang matalim na kidlat, at nakita nila si Jesus na nakahigang natutulog, at di-naliligalig sa kanilang pagkakagulo. Buong pagtataka at kawalang-pag-asang sila'y napabulalas, “Panginoon, wala bagang anuman sa Iyo na ma- [468]
pahamak tayo?” Paano kaya Siya buong kapayapaang nakakatulog [469]
samantalang sila'y nasa panganib at nakikipaglaban sa kamatayan?

Ginising si Jesus ng kanilang sigaw. Sa kislap ng kidlat ay natanaw nila Siya, at nakita nila ang kapayapaan ng langit na nakabadha sa Kaniyang mukha; nabasa nila sa Kaniyang sulyap ang paglimot sa sarili at ang magiliw na pagmamahal, at, sa pagbaling nila sa Kaniya ay humibik ang kanilang mga puso, “Panginoon, iligtas Mo kami: kami'y mangamamatay.”

Di-kailanman sumigaw nang gayon ang isang kaluluwa na di-pinakinggan. Nang hawakang muli ng mga alagad ang kanilang mga gaod upang gumawa ng kahuli-hulihang pagsisikap, ay tumindig si Jesus. Tumayo Siya sa gitna ng Kaniyang mga alagad, samantalang patuloy ang pagngangalit ng bagyo, sumasabog sa ibabaw nila ang mga alon, at nililiwanagan ng kidlat ang Kaniyang mukha. Itinaas Niya ang Kaniyang kamay, na kaydalas na ginamit Niya sa mga gawa ng kaawaan, at sinabi sa nagnga-ngalit na karagatan, “Pumayapa ka, tumahimik ka.”

Humimpil ang bagyo. Natahimik ang mga alon. Nahawi ang mga ulap, at sumikat ang mga bituin. Napanatag ang daong sa payapang dagat. Pagkatapos ay binalingan ni Jesus ang Kaniyang mga alagad, at sila'y malungkot na tinanong, “Bakit kayo nangatakot? wala pa baga kayong pananampalataya?” Mareos 4:40.

Pikpik na katahimikan ang naghari sa mga alagad. Maging si Pedro ay hindi nangahas na magpahayag ng sindak at pangingiming lumipos sa kaniyang puso. Ang ibang mga daong na sumabay

sa kanila upang sundan si Jesus ay napasa gayunding panganib. Takot at kawalang-pag-asa ang sumaklot sa mga nakalulan doon; datapwa't ang utos ni Jesus ang nagpatahimik sa lugar ng kaligaligan. Dahil sa bangis ng bagyo ay nagkalapit-lapit ang mga daong, at nasaksihan ng lahat na nakasakay doon ang kababalaghan.
[470] Sa kapayapaang sumunod, ay napawi na ri't nalimutan ang takot. Nagbulung-bulungan ang mga tao, "Sino nga ito, na pati ng hangin at ng dagat ay tumatalima sa Kaniya?"

Nang magising si Jesus upang harapin ang bagyo, Siya'y payapang-payapa. Walang bakas ng takot sa Kaniyang anyo at pananalita, sapagka't walang takot na tumatahan sa Kaniyang puso. Datapwa't hindi Siya nama-hinga nang dahil sa hawak Niya ang walang-hanggang kapangyarihan. Hindi dahil sa Siya ang "Panginoon ng lupa at dagat at langit" kaya Siya nakatulog nang tahi-mik. Binitiwan na Niya ang kapangyarihang yaon, at ang wika Niya "Hindi Ako makagagawa ng anuman sa Aking sarili." Juan 5:30. Sa kapangyarihan ng Ama Siya nagti-wala. Pananampalataya—pananampalataya sa pag-ibig at pag-iingat ng Diyos—kung kaya nakapagpahinga si Jesus, at ang kapangyarihan ng salitang yaon na nagpatahimik sa bagyo ay ang kapangyarihan ng Diyos.

Kung paanong si Jesus sa pamamagitan ng pananam-palataya ay namahinga sa pag-iingat ng Ama, ay gayundin naman tayo'y makapamamahinga sa pag-iingat ng ating Tagapagligtas. Kung ang mga alagad lamang ay nagtiwala sa Kaniya, sila sana'y naingatan sa kapayapaan. Ang kanilang pagkatakot sa panahon ng panganib ay nag-pakilala ng kanilang di-pagsampalataya. Sa pagsusumikap nilang mailigtas ang kanilang mga sarili, ay nalimutan nila si Jesus; at nang mawalan na lamang sila ng pag-asa sa kanilang sarili, saka sila lumapit o bumaling sa Kaniya upang sila'y tulungan Niya.

Kaydalas na ang karanasan ng mga alagad ay siya ring nagiging karanasan natin! Pagka ang bagyo ng mga tukso ay sumasasal, at nagtataliman ang mga kislap ng kidlat, at ang mga alon ay marahas na tinatabunan tayo, ay mag-isa tayong nakikilaban sa bagyo, at nalilimutan nating may Isang makatutulong sa atin. Nananalig tayo sa sarili nating lakas hanggang sa mawala ang ating pag-asa, at ma-
[471] papahamak na tayo. Saka naman natin maaalaala si Jesus, at kung tatawag tayo sa Kaniya upang tayo'y iligtas, ay hindi mabibigo ang ating daing. Bagama't malungkot Niya tayong pinangungusapan

dahil sa ating dipagsampalataya sa Kaniya at sa ating pananalig sa ating sarili, di-kailanman naman Niya tayo binibigo sa tulong na ating kailangan. Nasa lupa man tayo o nasa dagat, kung ang Tagapagligtas ay nasa ating mga puso, ay wala tayong dapat ipangamba. Ang nabubuhay na pananampa lataya sa Manunubos ay siyang magpapatahimik sa dagat ng buhay, at magliligtas sa atin sa panganib sa paraang alam Niyang siyang pinakamabuti.

My isa pang aral na espirituwal sa himalang ito ng pagpapatigil o pagpapatahimik sa bagyo. Ang karanasan ng bawa't tao ay nagpapatunay na totoo ang mga salita ng kasulatan. "Ang masama ay parang maunos na dagat, sapagka't hindi maaaring humusay. ... Walang kapaya-paan, sabi ng aking Diyos, sa mga masama." Isaias 57:20, 21. Sinira ng kasalanan ang ating kapayapaan. Habang ang sarili'y di-nasusupil, ay hindi tayo makakasumpong ng kapayapaan. Ang matitinding simbuyo ng damdamin ay hindi masusupil ng kapangyarihan ng tao. Sa bagay na ito ay wala tayong magagawa tulad din ng mga alagad na walang nagawa sa nagngangalit na bagyo. Nguni't Siya na nagpatahimik sa mga alon ng dagat ng Galilea ay siya ring makapapayapa sa bawa't kaluluwa. Gaanuman kabangis ang bagyo, ay maliligtas ang mga la-lapit kay Jesus na may kasamang daing na, "Panginoon, iligtas Mo kami." Ang biyaya Niya, na ipinakikipagka-sundo ang kaluluwa sa Diyos, ay pinatatahimik ang nag-aalab na damdamin ng tao, at sa Kaniyang pag-ibig ay nakapamamahinga ang puso. "Kaniyang pinahihimpil ang bagyo, na anupa't ang mga alon niyaon ay nagsisitahimik. Kung magkagayo'y natutuwa sila dahil sa sila'y tiwasay; sa gayo'y Kaniyang dinadala sila sa daungang kanilang ibigin." Awit 107:29, 30. "Yaman nga na mga inaaring-ganap sa pananampalataya, mayroon tayong kapayapaan sa Diyos sa pamamagitan ng ating Panginoong Jesukris-to." [472]
"Ang gawain ng katwiran ay magiging kapayapaan; at ang bunga ng katwiran ay katahimikan at pagkakatiwala kailanman." Roma 5:1; Isaias 32:17.

Maagang-maaga kinabukasan ay sinapit ng Tagapag-ligtas at ng mga kasama Niya ang pampang, at ang liwanag ng sumisikat na araw ay nakadampulay sa dagat at lupa na parang may taglay na biyaya ng kapayapaan. Nguni't hindi pa halos nagtatagal na sila'y nakalulunsad sa lupa ay sinalubong na ang kanilang mga mata ng isang tanawing higit na nakapangingilabot kaysa alimpuyo ng

bagyo. Buhat sa isang pinagtataguang pook sa gitna ng mga nitso ng libingan, ay dalawang baliw ang dumaluhong sa kanila na para bagang sila'y lulurayin. Nakabitin pa sa katawan ng mga taong ito ang mga bahagi ng mga tanikalang nilagot nila sa kanilang pagtakas sa kinapipiitan. Sugat-sugatan ang kanilang katawan at nagdurugo sa pagkakahiwa na rin ng kanilang mga sarili sa matatalim na bato. Nanlilisik ang kanilang mga mata sa pagitan ng mahaba, gusot at nakasabog nilang buhok, ang wangis mismo ng mga tao na tila mandin pinawi na ng mga demonyong umaali sa kanila, at ang anyo nila'y higit pang katulad ng maiilap at mababangis na hayop kaysa mga tao.

Nagsitakas ang mga alagad at ang mga kasama nila dahil sa takot; nguni't napansin nilang hindi nila kasama si Jesus, kaya't sila'y nagsipihit upang hanapin Siya. Nakita nilang Siya'y nakatayo sa lugar na pinag-iwanan nila sa Kaniya. Siya na nagpatahimik sa bagyo, na suma-gupa kay Satanas nang una at nanagumpay dito, ay hindi tumakas sa demonyong ito. Nang ang mga lalaking ito, na nagsisipagngalit ang mga ngipin, at bumubula ang bibig, ay nagsidaluhong kay Jesus, ay itinaas Niya ang kamay Niyang yaon na nagpahimpil sa mga alon, at ang mga lalaki ay hindi na nakalapit pa. Nangangaykay sila sa galit nguni't wala namang magawa sa
[473] harap Niya.

Taglay ang kapangyarihang inutusan Niya ang masa-samang espiritu na magsilabas sa kanila. Ang mga salita Niya'y naglagos sa nadirimlang mga pag-iisip ng mga sawimpalad na lalaki. May kalabuan ng unawang nadama nila na narito ang Isa na makapagliligtas sa nagpapahirap na mga demonyo. Nagpatirapa sila sa pa-anan ng Tagapagligtas upang sambahin Siya; nguni't nang bukhin nila ang kanilang mga labi upang humingi sa Kaniya ng awa, ay nagsalita ang mga demonyo sa pamamagitan nila, na sumisigaw nang malakas, "Ano ang pakialam namin sa iyo, Jesus, Ikaw na Anak ng Diyos na Kataas-taasan? Ipinamamanhik namin sa Iyo, na huwag Mo kaming pahirapan."

"Ano ang pangalan mo?" tanong ni Jesus. At ang sagot ay, "Pulutong ang pangalan ko: sapagka't marami kami." Sa pamamagitan ng mga taong inaalihan na siya nilang ginamit na tagapagsalita, ay pinakiusapan nila si Jesus na huwag silang paalisin sa bayan. Sa libis ng bundok na hindi kalayuan ay naroon ang isang malaking

kawan ng mga baboy na nanginginain. Sa mga ito hiniling ng mga demonyo na sila'y papasukin, at sila'y tinu-lutan ni Jesus. Karaka-rakang nagkagulo ang mga baboy. Ang mga ito'y nangapadaluhong sa bangin at, nang hindi magawang mangakaahon sa pampang, ay nangapasugba sila sa dagat, at nangalunod.

Samantala'y isang kahanga-hangang pagbabago ang naganap sa mga inalihan ng mga demonyo. Nagliwanag ang kanilang mga pag-iisip. Nangislap ang kanilang mga mata sa pagkaunawa. Ang mga mukha nila, na malaon nang naging kamukha ni Satanas, ay biglang-biglang umamo, ang mga kamay na nababahiran ng dugo ay natahimik, at sa nangagagalak na tinig ay pinuri nila ang Diyos sa pagkakaligtas sa kanila.

Buhat sa itaas ng bangin ay natanaw na lahat ng mga nag-aalaga ng baboy ang buong nangyari, at nag-mamadali silang nagsialis upang ibalita ito sa mga mayari at sa lahat ng mga tao. Natatakot [474]
at nanggigilalalas na dumagsa ang buong bayan upang salubungin si Jesus. Ang dalawang inalihan ng mga demonyo ay malaon ng pinagkatakutan sa bayan. Walang taong makaraan sa kinaroroonan ng mga ito; sapagka't dinadaluhong nila ang bawa't nagdaraan na taglay ang bangis ng mga demonyo. Nguni't ngayo'y may bihis nang damit ang mga lalaking ito at nasa wasto nang lagay ang pag-iisip, na nangakaupo sa paanan ni Jesus, nakikinig sa mga salita Niya, at niluluwalhati ang pangalan Niyaong nagpagaling sa kanila. Nguni't hindi nangatuwa ang mga taong nakasaksi ng kahanga-hangang tanawing ito. Ang pag-kalipol ng mga baboy ay waring higit na matimbang sa kanila kaysa pagkaligtas ng mga bihag na ito ni Satanas.

Dahil sa habag sa may-ari ng baboy kaya ipinahintulot na dumating sa kanila ang ganitong pagkalugi. Abala sila sa mga bagay na makalupa, at wala silang pag-aasikaso sa malalaking bagay na ukol sa kabuhayang espirituwal. Hinangad ni Jesus na sirain ang diwa ng makasariling pagwawalang-bahala, upang matanggap nila ang Kaniyang biyaya. Datapwa't ang panghihinayang at ang malaking galit sa kanilang pagkalugi ang bumulag sa kanila kaya hindi nila nakita ang kaawaan ng Tagapagligtas.

Ang pagpapakita ng kapangyarihan ng Diyos ay na-kagising sa mga pamahiin ng mga tao, at lumikha sa kanila ng pag-aagam-agam. Maaaring may dumating pang ibang mga kasakunaan kung tutulutan

nilang mamalagi sa gitna nila ang Taong ito. Nag-alaala silang baka bumagsak ang kanilang hanapbuhay, at kaya nga ipinasiya nilang Siya'y paalisin. Ang mga nagsitawid sa dagat na kasama ni Jesus ay nagsabing lahat ng mga nangyari nang sinundang gabi, ng naging panganib nila sa bagyo, at kung paanong pinahimpil ang bagyo at ang dagat. Nguni't hindi nagkaroon ng bisa ang kanilang mga
[475] salita. Dahil sa takot ay pinagkalipumpunan ng mga tao si Jesus, na pinakiusapan Siya na umalis na, at napa-hinuhod naman Siya, na karaka-rakang lumulan sa da-ong at tumawid sa kabilang pampang.

Napaharap sa mga tao ng Gergesa ang buhay na katibayan ng kapangyarihan at kaawaan ni Kristo. Nakita nila ang mga taong sinaulian ng matinong pag-iisip; datapwa't lubha nilang kinatakutan ang pagbagsak ng kanilang mga hanapbuhay sa lupa na anupa't Siya na na-kita nilang gumapi sa prinsipe ng kadiliman ay itinu-ring nilang isang mapakialam, at pinagsarhan nila ng pinto ang dakilang Kaloob ng langit. Wala sa atin ang pagkakataong palayasin si Kristo nang mukhaan na gaya ng ginawa ng mga taga-Gergesa; subali't marami rin ang tumangging tumalima sa Kaniyang salita, sapagka't ang pagtalima nila ay mangangahulugan ng pagsasakripisyo ng makasanlibutang pakinabang. Dahil sa baka ang Kaniyang pakikisama ay maging sanhi ng kanilang pangu-ngulugi sa salapi, kaya marami ang tumatanggi sa Kani-yang biyaya, at pinalalayas nila ang Kaniyang Espiritu.

Nguni't ibang-iba ang pakiramadam ng mga pinaga-ling na inalihan ng mga demonyo. Nais nilang sumama sa Nagpagaling sa kanila. Kung Siya'y kasama nila ay nararamdaman nilang sila'y ligtas sa mga demonyong nagpahirap sa kanilang buhay at umaksaya sa kanilang pagkatao. Nang si Jesus ay lululan na sa daong, nagsi-lapit sila sa Kaniyang piling, nanikluhod sa Kaniyang paanan, at pinamanhikan Siyang ipagsama na sana sila, upang lagi nilang mapakinggan ang Kaniyang mga salita. Datapwa't inatasan sila ni Jesus na magsiuwi at ibalita ang mga dakilang bagay na ginawa sa kanila ng Panginoon.

Narito ang gawaing magagawa nila—magtungo sa isang tahanang di-nakakikilala sa tunay na Diyos, at ibalita roon ang pagpapalang tinanggap nila kay Jesus. Mahirap sa ganang kanila na humiwalay sa Tagapagligtas. Tiyak na malalaking kahirapan ang
[476] masasagupa nila sa pakikisama nila sa kanilang mga kababayang

pagano. At ang malaon nilang pagkakahiwalay sa lipunan ng mga tao ay waring di-nagpapagindapat sa kanila sa gawaing ipinahiwatig ni Jesus. Datapwa't kapagkarakang naituro Niya ang tungkulin nila ay gumayak na sila sa pagtalima. Hindi lamang ibinalita nila si Jesus sa sarili nilang mga sambahayan at mga kapitbahay, kundi nilibot pa nila ang buong Decapolis, at sa lahat ng dako ay itinanyag nila ang Kaniyang kapangyarihang nakapagliligtas, at isinaysay kung paano sila pinalaya sa mga demonyo. Sa paggawa ng gawaing ito ay tumanggap sila ng lalong malaking pagpapala kaysa kung nanatili silang kasama Niya, upang sila lamang ang makinabang. Sa pagpapala-ganap natin ng mabubuting balita ng kaligtasan napapa-lapit tayo sa Tagapagligtas.

Ang dalawang pinagaling na inalihan ng demonyo ay siyang unang mga misyonerong isinugo ni Kristo upang mangaral ng ebanghelyo sa dako ng Decapolis. Ang mga taong ito ay ilang saglit lamang na nakarinig ng mga turo ni Kristo. Ni isa mang sermon Niya ay wala pa silang naririnig. Hindi sila makapagtuturong tulad ng kayang gawin ng mga alagad na kasama ni Kristo araw-araw. Nguni't taglay nila sa katawan ang katunayang si Jesus ay siyang Mesiyas. Yaon lamang alam nila ang kanilang masasabi; kung ano ang kanilang nakita, at narinig, at nadama sa kapangyarihan ni Kristo. Ito ang magagawa ng sinumang ang puso'y kinilos ng biyaya ng Diyos. Si Juang minamahal na alagad ay sumulat: "Ya-ong buhat sa pasimula, yaong aming narinig, yaong nakita ng aming mga mata, yaong namasdan, at nahipo ng aming mga kamay, tungkol sa Salita ng buhay; ... yaong aming nakita at narinig ay siya rin naming ibinabalita sa inyo." 1 Juan 1:1-3. Bilang mga saksi ni Kristo, ay dapat nating sabihin kung ano ang ating nalalaman, kung ano ang ating nakita at narinig at nadama. Kung sinusundan
na natin si Jesus nang hakbang-hakbang, ay mayroon tayong tiyak [477]
na masasabi tungkol sa paraan ng pagkaakay Niya sa atin. Masasabi natin kung paano natin sinubok ang Kaniyang pangako, at kung pa-ano natin nasumpungang totoo ang Kaniyang pangako. Makapagpapatotoo tayo sa ating nalalaman tungkol sa biyaya ni Kristo. Ito ang pagsaksing hinihingi ng ating Panginoon, at dahil sa kawalan nito kung kaya napa-pariwara ang sanlibutan.

Bagama't si Jesus ay hindi tinanggap ng mga taga-Gergesa, hindi rin Niya sila iniwan sa kadilimang pinili nila. Nang sabihin nilang

Siya'y umalis, ay hindi na nila narinig ang Kaniyang mga salita. Hindi nila batid kung ano ang kanilang tinanggihan. Dahil nga rito'y ipina-dala Niyang muli sa kanila ang liwanag, at ito'y sa pa-mamagitan ng mga hindi nila matatanggihang pakinggan.

Ang pagkalipol ng mga baboy ay isang paraan ni Satanas upang mailayo ang mga tao sa Tagapagligtas, at tuloy mahadlangan ang pangangaral ng ebanghelyo sa pook na iyon. Nguni't ang nangyaring ito ay siyang gumising sa buong bayan na hindi magagawa ng ano pamang bagay, at naging dahil upang kay Kristo mapatuon ang pansin. Bagama't umalis na ang Tagapagligtas, ay naiwan namang mga saksi ng Kaniyang kapangyarihan ang mga lalaking Kaniyang pinagaling. Ang mga naging kasangkapan ng prinsipe ng kadiliman ay naging mga daluyan ng liwanag, mga tagapagbalita ng Anak ng Diyos. Nanggilalas ang mga tao nang kanilang mapakinggan ang kahanga-hangang balita. Nabuksan ang pintuan para sa ebanghelyo sa buong lupaing iyon. Nang si Jesus ay bumalik sa Deeapolis, pinagkalipumpunan Siya ng mga tao, at sa loob ng tatlong araw, ay hindi lamang mga tao sa isang bayan ang nakinig sa pabalita ng kalig-tasan, kundi ang mga libu-libo pang buhat sa nakapali-bot na mga lupain. Pati kapangyarihan ng mga demonyo ay supil ng kapangyarihan ng ating Tagapagligtas, at ang gawain ng masama ay
[478] ginapi ng mabuti.

Ang pagkakasalubong sa mga inaalihan ng demonyo sa Gergesa ay nag-iwan ng isang aral sa mga alagad. Ito ang nagpapakilala kung hanggang saan kaaba sini-sikap dalhin ni Satanas ang buong sangkatauhan, at ang layunin naman ni Kristo na mapalaya sila sa kapangya-rihan nito. Ang mga abang taong yaon, na tumatahan sa mga libingan, inaalihan ng mga demonyo, at alipin ng di-masupil na mga damdamin at ng nakaririmarim na mga pita ng laman, ay naglalarawan ng kung magiging ano ang mga tao kung ipauubaya sa kapangyanhan ni Satanas. Patuloy na ginagamit ni Satanas ang kaniyang impluwensiya upang sirain ang mga pandama ng mga tao, supilin ang pag-iisip sa paggawa ng masama, at ud-yukang gumawa ng karahasan at krimen. Kaniyang pi-nahihina ang katawan, pina-didilim ang isip, at ibinababa ang uri ng kaluluwa. Sa tuwing tatang-gihan ng mga tao ang paanyaya ng Tagapagligtas, ay sumusuko sila kay Satanas. Napakaraming tao sa ibat-ibang uri ng pamumuhay, sa tahanan, sa hanapbuhay, maging sa iglesya, ang nagsisigawa nito

ngayon. Ito ang dahilan kung bakit ang karahasan at ang krimen ay lubhang laganap sa lupa, at ang kadilimang moral, tulad ng makapal na panakip sa kabaong, ay lumulukob sa mga tahanan ng mga tao. Sa pamamagitan ng kaniyang nakapanlilinlang na mga tukso ay inaakay ni Satanas ang mga tao sa pasama nang pasamang paggawa ng mga katampalasanan, hang-gang sa ang maging bunga ay ganap na kadustaan at kapahamakan. Ang tanging pananggalang laban sa kaniyang kapangyarihan ay natatagpuan lamang sa hara-pan ni Jesus. Sa harap ng mga tao at ng mga anghel ay naihayag na si Satanas ay kaaway at mamumuksa ng mga tao; at si Kristo naman ay kaibigan at tagapaglig-tas ng mga ito. Ang Espiritu ni Kristo ay magpapatubo sa tao ng lahat na magpaparangal sa likas at magpapa-dakila sa katutubo ng tao. Huhubugin nito ang tao para sa ikaluluwalhati ng Diyos sa katawan, sa kaluluwa at sa espiritu. “Sapagka’t hindi [479]
tayo binigyan ng Diyos ng espiritu ng katakutan; kundi ng kapangyarihan, at ng pag-ibig, at ng kahusayan.” 2 Timoteo 1:7. Tinawag Niya tayo “upang magkamit ng kaluwalhatian”—likas—“ng ating Panginoong Jesukristo;” tinawag tayo upang “maging katulad ng larawan ng Kaniyang Anak.” 2 Tesalonica 2:14; Roma 8:29.

At ang mga kaluluwang naging mga hamak na kasang-kapan ni Satanas ay patuloy pa ring binabago ng kapang-yarihan ni Kristo na ginagawa silang mga tagapagbalita ng katwiran, at isinusugo ng Anak ng Diyos upang sabihin kung gaano “kadakilang mga bagay ang ginawa sa iyo ng Panginoon, at kung paanong kinaawaan ka Niya.” [480]

# Kabanata 36—Ang Hipo ng Pananampatataya

Ang kabanatang ito ay batay sa Mateo 9:18-26; Marcos 5:21:43; Lukas 8:40-56.

Pagkagaling sa Gergesa patungong kanlurang baybayin, ay natagpuan ni Jesus ang isang karamihang nagkakatipon upang tumanggap sa Kaniya, at buong katuwaang binati nila Siya. Sandali munang namalagi Siya sa tabing-dagat, na nagtuturo at nagpapagaling, at pagkatapos ay tumuloy sa bahay ni Levi-Mateo upang makisalo sa mga maniningil ng buwis. Dito Siya natagpuan ni Jairo, na pinuno ng sinagoga.

Ang pinunong ito ng mga Hudyo ay lumapit kay Jesus na taglay ang malaking kabagabagan, at kaya nga ito'y nagpatirapa sa Kaniyang paanan, na nagsasabi, "Ang aking munting anak na babae ay naghihingalo: ipinamamanhik ko sa Iyo, na Ikaw ay pumaroon at ipatong Mo ang Iyong kamay sa kaniya, upang siya'y gumaling; at siya'y mabubuhay."

Karaka-rakang gumayak si Jesus ng pagsama sa pinuno patungo sa tahanan nito. Bagama't ang mga alagad ay marami nang nakitang mga gawa Niya ng kaawaan, ay ipinagtaka rin nila ang pagsunod Niya sa pakiusap ng palalong rabi; gayunma'y sumama rin sila sa kanilang Panginoon, at nagsisunod naman ang mga tao, na sabik at umaasam.

Hindi kalayuan ang bahay ng pinuno, nguni't hindi makapag-
[481] madali sa paglakad si Jesus at ang Kaniyang mga kasama, dahil sa mga taong sumisiksik sa Kaniya sa lahat ng panig. Ang balisang ama ay inip na sa kabagalan; nguni't palibhasa'y nahahabag sa mga tao, kung kaya paminsan-minsa'y tumitigil si Jesus upang lunasan ang isang may karamdaman, o kaya'y upang aliwin ang isang pusong nababagabag.

Habang sila'y nasa daan pa, isang utusan ang naki-paggitgitan sa karamihan, upang sabihin kay Jairo na patay na ang anak na babae nito, at hindi na kailangang abalahin pa ang Panginoon. Naulinigan

iyon ni Jesus. Sinabi Niya, "Huwag kang matakot, manampalataya ka lamang, at siya'y gagaling."

Lalong nagpakalapit-lapit si Jairo sa Tagapagligtas, at silang dalawa ay nagmadali nang paglakad patungo sa tahanan ng pinuno. Naroon na ang mga inupahang tagatangis at ang mga manunugtog ng plauta, at namama-ibabaw ang nalilikhang ingay ng mga ito. Ang karamihan ng naroong mga tao at ang labis na kaingayan ay naka-gimbal sa diwa ni Jesus. Pinagsikapan Niyang patahimikin sila, na sinasabi, "Bakit kayo'y nangagkakagulo, at nagsisitangis? Ang dalaga ay hindi patay, kundi natutulog." Nagalit sila sa mga sinabi ni Jesus. Nakita nilang bangkay na ang dalaga, at pinagtawanan nila Siya nang may paglibak. Inutusan silang manaog ng bahay, at ipi-nagsama Niya ang ama at ina ng dalaga, at ang tatlong alagad na sina Pedro, Santiago, at Juan, at magkakasama silang nagsipasok sa silid na kinaroroonan ng patay.

Lumapit si Jesus sa tabi ng higaang kinaroroonan ng patay, at pagkahawak sa kamay ng dalaga, ay marahan Siyang nangusap, sa wikang siyang ginagamit sa tahanan nito, "Dalaga, sinasabi Ko sa iyo, Magbangon ka."

Karaka-rakang gumalaw ang walang-malay na anyo. Tumibok na muli ang mga pintig ng buhay. Ang mga la-bi'y napunit sa isang ngiti. Dumilat ang mga matang parang bagong gising mula sa pagkakatulog, at ang dalaga'y nagtatakang napatingin sa pulutong ng mga taong nasa tabi niya. Siya'y bumangon, at niyakap siya ng [482]
kaniyang mga magulang, na naluluha sa laki ng kagalakan.

[483]
Sa daang patungo sa bahay ng pinuno, ay may isang kaawa-awang babaing may labindalawang taon nang pinahihirapan ng isang karamdamang naging pasanin na nito sa buhay, na nasalubong ni Jesus. Naubos na niyang lahat ang buo niyang kabuhayan sa mga manggagamot at sa mga gamot, upang sa wakas ay sabihin lamang sa kaniya na siya'y hindi na gagaling. Nguni't muling nabuhay ang pag-asa niya nang mabalitaan niya ang mga pagpapa-galing na ginawa ni Kristo. Nakadama siya ng katiyakan na kung makalalapit lamang siya sa Kaniya ay gagaling siyang walang-pagsala. Sa gitna ng panghihina at paghihirap ay nakarating din siya sa tabing-dagat na doon nagtuturo si Jesus, at pinagsikapan niyang makigitgit sa karamihan, nguni't walang mangyari. Muling sinundan niya Siya buhat sa bahay ni Levi-Mateo, nguni't hindi rin siya makalapit sa

Kaniya. Nagpasimula na siyang mawalaan ng pag-asa, nang, sa patuloy niyang pakikipaggitgitan sa karamihan, ay napalapit si Jesus sa kaniyang kinaroroonan.

Dumating din ang pagkakataong kaniyang pinakahihintay-hintay. Nasa harap na siya ng Dakilang Manggagamot! Nguni't sa gitna ng pagkakagulo ay hindi siya makapagsalita sa Kaniya, ni makita man ang buo Niyang anyo. Sa pangambang mawala sa kaniya ang kaisa-isang pagkakataong ito na gumaling, siya'y muling nagpatuloy sa pakikipagitgitan, na sinasabi sa kaniyang sarili, "Kung mahipo ko man lamang ang Kaniyang damit, ay gagaling ako." At kaya nga nang magdaan si Jesus, siya'y dumukwang, at bahagyang-bahagya lamang siyang nagtagumpay na mahipo ang laylayan ng damit Niya. Napisan sa isang hipong yaon ang buong pananampalataya ng kaniyang buhay, at nang sandali ring yaon ay kagyat na nawala ang kirot at panghihinang nararamdam niya at ang humalili ay ang
[484] kalakasan ng sakdal na kalusugan.

Nang magkagayon taglay sa puso ang pasasalamat na siya'y nagpaiwan sa karamihan; datapuwa't biglang-big-lang huminto si Jesus, at ang mga tao'y huminto ring kasama Niya. Siya'y lumingon, at lilinga-lingang nagtanong sa tinig na maliwanag na maririnig sa ibabaw ng kaingayan at pagkakagulo ng karamihan, "Sino ang humipo sai Akin?" Ang naging tugon ng mga tao sa tanong na ito ay ang Siya'y tingnang may pagtataka. Siya'y sinisiksik at ginigitgit sa magkabi-kabila, kaya ang tanong na iyon ay nakapagtataka.

Si Pedro na laging handang magsalita, ay nagsabi, "Panginoon, ginigitgit Ka at sinisiksik ng karamihan, at sasabihin mo, Sino ang humipo sa Akin?" Sumagot si Jesus, "May humipo sa Akin, sapagka't naramdaman Ko na may umalis na bisa sa Akin." Kilala ng Tagapagligtas ang pagkakaiba ng hipo ng pananampalataya sa di-sinasad-yang hipo na bunga ng paggigitgitan ng karamihan. Ang gayon kalaking pananalig ay hindi nararapat palampasin nang hindi napag-uukulan ng pansin. Nais Niyang mag-salita sa abang babae ng mga salitang makaaaliw na magiging isang bukal ng kaligayahan dito-mga salitang magiging isang pagpapala sa mga sumusunod sa Kaniya hanggang sa katapusan ng panahon.

Humarap si Jesus sa dakong kinaroroonan ng babae, at pinilit Niyang alamin kung sino ang humipo sa Kaniya. Nang madama ng babaing walang mangyari sa kaniyang pagtatago, ay nangan-

gatal sa takot na siya'y lumapit, at nagpatirapa sa Kaniyang paanan. May mga luha ng pagpapasalamat na isinalaysay niya ang kaniyang paghihirap, at kung paano siya nakasumpong ng kaginhawahan. Banayad na sinabi ni Jesus, "Anak, laksan mo ang iyong loob: pinagaling ka ng iyong pananampalataya; yumaon kang payapa." Hindi Niya binigyan ng pagkakataong ma-angkin ng pamahiin ang nagpapagaling na bisa sa pag-hipo lamang sa Kaniyang damit. Hindi nga sa panlabas na paghipo o pagkakaugnay sa Kaniya, kundi sa [485]
pamamagitan ng pagsampalataya sa kapangyarihan ng Kaniyang pagka-Diyos, kung kaya nangyaring gumaling ang babae.

Ang nagtatakang karamihan na nagsisiksikan sa palibot ni Kristo ay hindi nakadama ng pagtanggap ng bumubuhay na kapangyarihan. Datapwa't nang iunat ng babaing may karamdaman ang kaniyang kamay upang Siya'y hipuin, sa paniniwalang siya'y gagaling, ay naram-daman niya ang nagpapagaling na bisa. Ganyan din sa mga bagay na espirituwal. Ang magsalita ng tungkol sa relihiyon sa isang pasumala o di-kinukusang paraan, at ang manalangin nang walang pagkagutom ang kaluluwa at walang buhay na pananampalataya, ay walang kabuluhan. Ang pananampalataya kay Kristong sa pangalan lamang, na tinatanggap Siya lamang sa Tagapagligtas ng sanlibutan, ay di-kailanman makapagdudulot ng kaga-lingan sa kaluluwa. Ang pananampalatayang sa ikaliligtas ay hindi isa lamang pinag-aralang pag-ayon sa katotoha-nan. Siya na naghihintay na maalaman muna ang lahat bago niya gamitin ang kaniyang pananampalataya ay hindi makakatanggap ng pagpapala sa Diyos. Hindi sapat ng maniwala tungkol kay Kristo; dapat tayong sumampa-lataya sa Kaniya. Ang tanging pananampalatayang paki-kinabangan natin ay yaong tinatanggap Siya bilang isang personal na Tagapagligtas; na tinatanggap ang Kaniyang mga kagalingan sa ating mga sarili. Marami ang nag-aaka-lang ang pananampalataya ay isang opinyon o isang palagay. Ang pananampalatayang nagliligtas ay isang paki-kipagkasundo na sa pamamagitan nito ang mga tuma-tanggap kay Kristo ay nakikipagtipan sa Diyos. Ang tunay na pananampalataya ay buhay. Ang buhay na pana-nampalataya ay nangangahulugang nararagdagan ang lakas, nalulubos ang pagtitiwala, na sa pamamagitan nito ang kaluluwa'y nagiging isang nananagumpay na kapang-yarihan.

Pagkatapos pagalingin ang babae, ninais ni Jesus na kilalanin nito ang pagpapalang tinanggap nito. Ang mga kaloob na iniaalok ng [486]

ebanghelyo ay hindi makakamtan o matatamasa nang palihim. Kaya nga hinihiling ng Panginoon sa atin na ipahayag natin ang Kaniyang kabutihan. "Kayo ang Aking mga saksi, sabi ng Panginoon, na Ako ang Diyos." Isaias 43:12.

Ang pagpapahayag natin ng Kaniyang katapatan ay siyang piniling kasangkapan ng Langit upang maipakilala si Kristo sa sanlibutan. Dapat nating kilalanin ang Kaniyang biyaya gaya ng pagkakapagpakilala nito sa mga banal na tao nang una; subali't ang magiging pinakama-bisa ay ang patotoo ng sarili nating karanasan. Tayo'y mga saksi ng Diyos habang ating ipinakikita sa mga kabuhayan natin ang paggawa ng kapangyarihan ng Diyos. Bawa't tao ay may kabuhayang kaiba sa lahat ng mga iba, at may karanasang lubhang naiiba sa kanila. Hina-hangad ng Diyos na ang ating papuri ay pumailanlang sa Kaniya, na natatatakan ng sarili nating kakanyahan. Ang ganitong mahahalagang pagkilala sa kapurihan ng maluwalhati Niyang biyaya, pagka itinataguyod ng isang kabuhayang katulad-ng-kay-Kristo, ay nagtataglay ng di-mapaglalabanang kapangyarihan na gumagawa sa ikali-ligtas ng mga kaluluwa.

Nang ang sampung ketongin ay dumulog kay Jesus upang sila'y pagalingin, inatasan Niya silang yumaon at pakita sa saserdote. Sa daan ay gumaling sila, nguni't isa lamang ang nagbalik upang mag-ukol ng pagluwal-hati sa Kaniya. Ang mga iba'y yumaon na ng kanilang lakad, na kinalimutan Siya na nagpagaling sa kanila. Gaano nga karami ang gumagawa ng ganito ring bagay! Ang Panginoon ay walang-likat na gumagawa ng mabuti sa mga tao. Patuloy Siyang nagbibigay ng masagana Niyang biyaya. Ibinabangon Niya ang mga maysakit mula sa kinararatayang mga banig ng karamdaman, inililigtas Niya ang mga tao sa panganib na hindi nila nakikita, inuutusan Niya ang mga anghel sa langit na iligtas sila sa kasakunaan,
[487] na ingatan sila sa "salot na dumarating sa kadiliman" at "sa paggiba man na sumisira sa katanghaliang-tapat" (Awit 91:6); subali't ni hindi man naaantig ang kanilang mga puso. Ibinigay na Niya ang buong ka-yamanan ng langit upang matubos sila, at gayon pa ma'y hindi nila pinapansin ang Kaniyang dakilang pag-ibig. Dahil sa kanilang kawalang-utang-na-loob ay isinasara nila ang kanilang puso sa pagpasok ng biyaya ng Diyos. Katulad ng kugon sa ilang ay hindi nila nalalaman pagka ang mabuti ay dumarating, at tumatahan ang kanilang mga kaluluwa sa mga tuyong dako ng ilang.

Sa atin ding sariling kapakinabangan kaya dapat panatilihing sariwa sa ating alaala ang bawa't kaloob ng Diyos. Sa ganitong paraan ay lumalakas ang pananam-palataya na humingi at tumang-gap nang higit at higit. May lalong malaking lakas ng loob na naidudulot sa atin ang kaunting pagpapalang tinatanggap natin sa Diyos kaysa lahat ng mga salaysaying ating nababasa tungkol sa pananampalataya at karanasan ng mga iba. Ang kaluluwang tumu-tugon sa biyaya ng Diyos ay magiging katulad ng isang halamanang nadidilig. Ang kaniyang kalusu-gan ay mabilis na lilitaw; ang kaniyang liwanag ay sisikat sa kadiliman, at ang kaluwalhatian ng Panginoon ay makikita sa kaniya. Kaya nga alalahanin natin ang kagandahang-loob ng Panginoon, at ang karamihan ng Kaniyang magiliw na mga kaawaan. Gaya ng bayang Israel, magtayo tayo ng mga bato ng patotoo, at iukit natin doon ang mahalagang kasaysayan na ginawa ng Diyos sa atin. At kapag sinasariwa natin sa alaala ang Kaniyang mga pakikitungo sa atin sa ating paglalakbay sa buhay na ito, ay sabihin nga natin mula sa kaibuturan ng ating mga pusong nagpapasalamat na, "Ano ang aking ibaba-yad sa Panginoon dahil sa lahat Niyang kabutihan sa akin? Aking kukunin ang saro ng kalig-tasan, at tatawag ako sa pangalan ng Panginoon. Aking babayaran ang mga panata ko sa Panginoon, oo, sa harapan ng buo Niyang bayan." Awit 116:12-14 [488]

## Kabanata 37—Ang Unang mga Ebanghelista

Ang kabanatang ito ay batay sa Mateo 10; Marcos 6:6-11; Lukas 9:1-6.

Ang mga apostol ay mga kasambahay ni Jesus, at sinamahan nila Siya nang Siya'y maglakbay nang lakad sa buong Galilea. Naging karamay-ramay Niya sila sa mga pagpapagal at mga kahirapang sinapit nila. Nakinig sila sa Kaniyang mga sermon, lumakad sila at nakipag-usap sa Anak ng Diyos, at buhat sa araw-araw Niyang pagtuturo ay natutuhan nila kung paano gagawa para sa ikabubuti ng sangkatauhan. Habang naglilingkod si Jesus sa malaking karamihan na natitipon sa palibot Niya, ay naroon din ang Kaniyang mga alagad, na handang tumalima sa anumang ipag-uutos Niya at upang mapagaan ang Kaniyang paggawa. Tumulong sila sa pagsasaayos ng mga tao, na inilalapit ang mga maysakit sa Tagapag-ligtas, at gumagawa ng ikagiginhawa ng lahat. Minatyagan nila ang mga interesadong nakikinig, ipinaliwanag ang mga Kasulatan sa kanila, at sa iba't ibang paraan ay gumawa para sa kanilang espirituwal na kapakinaba-ngan. Itinuro nila ang napag-aralan nila kay Jesus, at araw-araw ay nagtatamo sila ng mayamang karansan. Nguni't kailangan din nila ang karanasan sa paggawa nang nag-iisa. Patuloy pa rin silang nangangailangan ng maraming turo, ng malaking pagtitiis at ng pagiging-ma-giliw. Ngayon, habang kasama pa nila
[489] Siya, na maituturo ang kanilang mga pagkakamali, at mapapayuhan at maiwawasto sila, ay isinugo sila ng Tagapagligtas bilang mga kinatawan Niya.

Nang ang mga alagad ay kasama-sama pa Niya, malimit na sila'y binagabag ng turo ng mga saserdote at mga Pariseo, nguni't dinala nila kay Jesus ang mga iki-nababagabag nila. Ipinakilala Niya sa kanila na ang mga katotohanan ng Kasulatan ay katuwas ng sali't saling sabi o tradisyon. Sa ganitong paraa'y pinatibay Niya ang kanilang pagtitiwala sa salita ng Diyos, at sa malaking sukat ay pinalaya Niya sila sa kanilang pagkatakot sa mga rabi at

sa kanilang pagkaalipin sa sali't saling sabi. Sa pagtuturo sa mga alagad ay naging higit na mabisa ang halimbawa ng kabuhayan ng Tagapagligtas kaysa alinmang turong ukol sa doktrina. Nang sila'y mahiwalay na sa Kaniya, ang bawa't tingin at himig at salita ay nagunita nila. Madalas na pagka sila'y napapaharap sa mga kaaway ng ebanghelyo, ay inuulit-ulit nila ang Kaniyang mga salita, at kapag nakikita nila ang nagagawa nito sa mga tao, ay lubha silang nagagalak.

Nang matawag na ni Jesus ang Labindalawa, ay inatasan Niya sila na humayo nang dala-dalawa sa mga bayan at mga nayon. Walang pinalakad na nag-iisa, kundi ang kapatid ay isinama sa kapatid, at ang kaibigan ay sa kaibigan. Sa ganitong paraan ay magkakatulungan sila at magkakapalakasan ng loob sa isa't isa, na magpapayuhan at magdadalanginan, upang ang lakas ng isa ay maitulong sa kahinaan ng kasama. Sa ganito ring paraan isinugo Niya ang pitumpu nang dakong huli. Sadyang panukala ng Tagapagligtas na ang mga tagapagbalita ng ebanghelyo ay dapat magkasama sa ganitong paraan. At sa kapanahunan man natin ay magiging higit na mata-gumpay ang gawain ng pangangaral ng ebanghelyo kung ang halimbawang ito ang maingat na susundin.

Ang pabalita ng mga alagad ay tulad din ng kay Juan Bautista
at ng kay Kristo na rin: "Ang kaharian ng langit ay malapit na." [490]
Hindi sila makikipagtalo sa mga tao tungkol sa kung si Jesus na taga-Nazareth ay siyang Mesiyas; kundi sa Kaniyang pangalan ay gagawa sila ng mga gawa ng kaawaan na ginawa rin Niya. Inatasan Niya silang, "Mangagpagaling kayo ng mga maysakit, mangaglinis kayo ng mga demonyo: tinanggap ninyong walang-bayad, ay ibigay ninyong walang-bayad."

Noong panahon ng ministeryo ni Jesus ay naglaan Siya ng maraming oras sa pagpapagaling ng mga maysakit kaysa pangangaral. Ang mga kababalaghang ginawa Niya ay nagpatotoo sa katotohanan ng Kaniyang mga sinabi, na hindi Siya naparito upang mamuksa kundi upang magligtas. Ang Kaniyang katwiran ay nagpauna sa Kaniya, at ang kaluwalhatian ng Panginoon ay siyang naging bantay-likod Niya. Saanman pumaroon, ay nagpauna na sa Kaniya ang mga balita ng Kaniyang kaawaan. Sa mga pook na Kaniyang naraanan, ang mga pinag-ukulan Niya ng Kaniyang kahabagan ay nangagsasaya sa tinamong kalusugan, at sinusubukang gamitin ang

kanilang bagong-katatanggap na kalakasan. Nagkakalipumpon sa palibot nila ang maraming tao upang pakinggan sa kanilang mga labi ang mga bagay na ginawa sa kanila ng Panginoon. Ang tinig Niya ay siyang unang tinig na napakinggan ng marami, ang pangalan Niya ay siyang unang salitang binigkas nila, at ang mukha Niya ay siyang unang pinagmasdan nila. Bakit hindi nila iibigin si Jesus, at ipagsisigawan ang pagpuri sa Kaniya? Sa pagdaan Niya sa mga bayan at mga siyudad ay para Siyang isang agos ng buhay, na nagbibigay ng buhay at galak saanman Siya magtungo.

Ang mga sumusunod kay Kristo ay dapat gumawang gaya ng ginawa Niya. Dapat nating pakanin ang mga nagugutom, paramtan ang mga hubad, at aliwin ang mga naghihirap at mga maysakit. Dapat nating paglingkuran ang mga nanlulupaypay, at pasiglahin ang loob ng mga nawawalan ng pag-asa. At kung magkagayon ay
[491] tutuparin din naman sa atin ang pangakong, "Ang iyong katwiran
[492] ay mangunguna sa iyo; ang kaluwalhatian ng Panginoon ay magiging iyong bantay-likod." Isaias 58:8. Ang pag-ibig ni Kristo, na nakikita sa paglilingkod na di-makasarili, ay magiging lalong mabisa sa pagbago sa taong gumagawa ng masama kaysa magagawa ng patalim o ng hukuman. Ang mga ito ay kailangan upang maisilid ang takot sa lumalabag sa batas, subali't ang maibiging misyonero ay makagagawa nang higit kaysa rito. Kadalasan ang puso ay nagmamatigas pagka sinasaway; nguni't ito'y naaagnas sa pag-ibig ni Kristo. Hindi lamang mapagagaling ng misyonero ang mga karamdaman sa katawan ng tao, kundi makaaakay din naman siya ng makasalanan patungo sa Dakilang Manggagamot, na makalilinis ng kaluluwa sa ketong ng kasalanan. Panukala ng Diyos na sa pamamagitan ng Kaniyang mga lingkod ay makarinig ng Kaniyang tinig ang mga maysakit, ang mga kapuspalad, at ang mga inaalihan ng masasamang espiritu. Sa pamamagitan ng mga taong ginagamit Niya ay nais Niyang Siya'y maging isang Mang-aaliw na hindi pa nakikilala ng sanlibutan.

Sa unang paglalakbay misyonero ng mga alagad ay sila'y paroroon lamang sa "mga tupang nangawaglit sa bahay ni Israel." Kung una nila ngayong pinangaralan ng ebanghelyo ang mga Hentil o ang mga Samaritano, ay nawalan sana sila ng impluwensiya sa mga Hudyo. Sa paggising nila sa maling hinala ng mga Pariseo ay napasuong sana sila sa pakikipagtalo na di-sasalang magpapahina ng

kanilang loob sa pasimula pa lamang ng kanilang mga paggawa. Ang mga apostol man ay makupad sa pag-unawa na ang ebanghelyo ay dapat ipangaral sa lahat ng mga bansa. Hangga't hindi nila nahahagip ang katotohanang ito ay hindi pa sila handang gumawa para sa mga Hentil. Kung tatanggapin ng mga Hudyo ang ebanghelyo, panukala ng Diyos na sila'y gawin Niyang mga tagapagbalita Niya sa mga Hentil. Kaya nga sila ang unang dapat munang makarinig [493]
ng pabalita.

Sa buong bukirang ginawan ni Kristo ay may mga kaluluwang nakadama ng kanilang kailangan, at nangagugutom at nangauuhaw sa katotohanan. Dumating na ang panahong dapat ipadala sa mga nangasasabik na pusong ito ang pabalita ng Kaniyang pag-ibig. Sa lahat ng mga ito ay paroroon ang mga alagad bilang mga kinatawan Niya. Sa gayon ay titingnan sila ng mga nagsisisampalataya bilang mga tagapagturong hinirang ng Diyos, at sa panahong aalisin na sa kanila ang Tagapagligtas ay hindi sila maiiwanang walang mga tagapagturo.

Sa unang paglilibot na ito ng mga alagad ay paroroon lamang sila sa mga dakong napuntahan na ni Jesus, at doo'y nagkaroon na Siya ng mga kaibigari. Ang kanilang paghahˆnda para sa paglalakbay na ito ay napakasimpie lamang. Walang anumang bagay na dapat pahintulutang makapaghiwalay ng kanilang isip sa kanilang dakilang gawain, o kaya sa anumang paraan ay makalikha sila ng pagsalungat ng mga tao at ng makahahadlang sa patuloy nilang paggawa. Hindi nila dapat tularan ang damit ng mga tagapagturo ng relihiyon, ni magbibihis man ng naiiba sa kasuutan ng mga karaniwang mamamayan. Hindi rin sila dapat pumasok sa mga sinagoga at tumawag ng pulong pangmadla; bahay-bahay na pangangaral ang gagawin nila. Hindi nila dapat aksayahin ang kanilang panahon sa mga di-kailangang pagbabatian, o sa pagpunta sa bahay-bahay upang maglibang o makipagsaya. Kundi sa bawa't dakong kanilang paroonan ay dapat nilang tanggapin ang kagandahang-loob na maiaalay ng kanilang matutuluyan, niyaong mga tatanggap sa kanila nang buong-puso na parang si Kristo na rin ang kanilang pinatutuloy at tinatanggap. Papasok sila sa bahay na taglay ang magandang bating, "Kapayapaan nawa ang mapasabahay na ito." Lukas 10:5. Ang tahanang yaon ay pagpapalain ng kanilang mga
panalangin, ng kanilang mga awit ng pagpupuri, at ng pagbubuklat [494]

ng mga Kasulatan sa sambahayang pagsamba.

Ang mga alagad na ito ay dapat maging mga tagapagbalita ng katotohanan, upang ihanda ang daan para sa pagdating ng kanilang Panginoon. Ang pabalitang dapat nilang dalhin ay ang salita ng walang-hanggang buhay, at ang magiging kapalaran ng mga tao ay mapapabatay sa kanilang pagtanggap o pagtanggi dito. Upang maikintal sa mga tao ang kasolemnihan nito, ay tinagubilinan ni Jesus ang Kaniyang mga alagad na, "Sinumang hindi tumanggap sa inyo, ni duminig sa inyong mga pananalita, pag-alis ninyo sa bahay o bayang yaon, ay ipagpag ninyo ang alabok ng inyong mga paa. Katotohanang sinasabi Ko sa inyo, Higit na mapagpapaumanhinan ang lupa ng Sodoma at Gomorra sa araw ng paghuhukom, kaysa bayang yaon."

Ngayo'y nakita ng Tagapagligtas ang hinaharap; natanaw Niya ang lalong malalawak na bukirang doon, pagkamatay Niya, ang mga alagad ay magiging mga saksi Niya. Sa Kaniyang natanaw ay kasama ang magiging karanasan ng Kaniyang mga lingkod sa buong panahon hanggang sa dumating ang Kaniyang ikalawang pagparito. Ipinatalastas Niya sa Kaniyang mga tagasunod ang mga pakikilabang masasagupa nila; inihayag Niya ang uri at paraan o plano ng pagbabaka. Inilantad Niya sa harap nila ang mga panganib na kanilang makakaharap, at ang pagtanggi-sa-sarili na kakailanganin nila. Nais Niyang maintindihan nila ang magiging halaga ng pagtalima, upang hindi sila masubukan ng kaaway. Ang kanilang pakikipagbaka ay hindi laban sa laman at dugo, kundi "laban sa mga pamunuan, laban sa mga kapangyarihan, laban sa mga namamahala ng kadilimang ito sa sanlibutan, laban sa mga ukol sa espiritu ng kasamaan sa mga dakong kaitaasan." Efeso 6:12. Makikipaglaban sila sa mga lakas o puwersang hindi sa tao, gayunma'y tinitiyak sa kanila na sila'y tutulungan ng Diyos. Lahat ng mga anghel sa
[495] langit ay kasama sa tutulong na hukbong ito. At higit pa kaysa mga anghel ay nasa hanay ng mga tutulong. Ang Banal na Espiritu, na kinatawan ng Kapitan ng hukbo ng Panginoon, ay bumababa upang siyang mangasiwa sa pagbabaka. Maaaring marami ang ating mga kahinaan, at maaaring napakabigat ng ating mga kasalanan at mga kamalian; gayunma'y ang biyaya ng Diyos ay ibinibigay sa lahat ng humihingi na may pagsisisi. Ang di-masukat na kapangyarihan ng Diyos ay nakalaan sa mga nagtitiwala sa Kaniya.

"Narito," wika ni Jesus, "sinusugo Ka kayong gaya ng mga tupa sa gitna ng mga lobo: mangagpakatalino nga kayong gaya ng mga ahas, at mangagpakatimtimang gaya ng mga kalapati." Isa mang salita ng katotohanan ay hindi sinikil ni Kristo, bagkus sinalita Niya itong lagi nang may pag-ibig. Gumamit Siya ng napakalaking katalinuhan, at ng maalalahani't mabait na pakikitungo sa Kaniyang pakikipag-usap sa mga tao. Di-kailanman Siya naging marahas, di-kailanman Siya nagsalita ng dikailangang mabagsik na salita, at di-kailanman nanakit ng isang maramdaming kaluluwa. Hindi Niya pinuna o pinagwikaan ang kahinaan ng tao. Walang-takot na tinuligsa Niya ang pagpapaimbabaw, di-paniniwala, at ang kasamaan, gayunma'y nasa Kaniyang tinig ang kalungkutan nang bigkasin Niya ang umiiwa Niyang mga pagsuwat. Tinangisan Niya ang Jerusalem, ang bayang Kaniyang pinakaiibig, na tumangging tanggapin Siya, na siyang daan, katotohanan, at buhay. Tinanggihan nila Siya, na Tagapagligtas, gayunma'y buong pagmamahal na kinaawaan Niya sila, at gayon na lamang katindi ang Kaniyang kalumbayan na anupa't winasak nito ang Kaniyang puso. Bawa't kaluluwa ay mahalaga sa Kaniyang paningin. Bagama't lagi Niyang taglay sa Kaniyang sarili ang dangal ng pagka-Diyos, gayunma'y nagpakababa Siyang taglay ang pinakamagiliw na pagtingin sa bawa't kaanib ng sambahayan ng Diyos. Sa lahat ng mga tao ay nakita Niya ang mga nagkasalang [496]
kaluluwa na siyang layunin Niyang mailigtas.

Hindi susundin ng mga lingkod ni Kristo ang balang maibigan ng kanilang pusong likas na masama. Kailangan nilang magkaroon ng malapit na pakikipag-ugnay sa Diyos, baka, sa pagkagalit, ang sarili ay maghumindig, at sila'y magbuga ng isang agos ng mga salitang di-nararapat, na hindi katulad ng hamog na nagpapanariwa sa nangaluluoy na pananim. Ito ang ibig ni Satanas na gawin nila; sapagka't* ito ang mga paraan niya. Ang dragon ay siyang nagagalit; at espiritu ni Satanas ang siyang nahahayag kapag nagagalit at nagpaparatang ang tao. Datapwa't ang mga lingkod ng Diyos ay dapat maging mga kinatawan Niya. Nais Niyang sila'y gumamit ng bagay na tinatanggap sa langit, ng katotohanan na nagtataglay ng sarili Niyang larawan at tatak. Ang kapangyarihang sa pamamagitan niyon mapagtatagumpayan nila ang masama ay ang kapangyarihan ni Kristo. Ang kaluwalhatian ni Kristo ay siya nilang kalakasan. Dapat nilang ipako ang kanilang mga mata sa Kaniyang kagan-

dahan. Kung magkagayon ay maipakikilala nila ang ebanghelyo nang may banal na katalinuhan at kahinhinan. At ang espiritu o diwang napapanatiling maamo't mabanayad sa ilalim ng pagkagalit, ay makapagsasalita nang higit na mabisa na kakatig sa katotohanan kaysa alinmang pakikipagkatwiranan, gaanuman kahusay.

Ang mga napapasuong sa pakikipagtunggali sa mga kaaway ng katotohanan ay kailangang humarap, hindi lamang sa mga tao, kundi kay Satanas din naman at sa mga kampon nito. Dapat nilang alalahanin ang pangungusap ng Tagapagligtas na, "Narito, sinusugo Ko kayong gaya ng mga kordero sa gitna ng mga lobo." Lukas 10:3. Dapat silang sumandig sa pag-ibig ng Diyos, at ang espiritu ay mapananatiling mahinahon, kahit na sila'y pagmalabisan. Bibihisan sila ng Panginoon ng damit ng kabanalan. Ang Kaniyang Banal
[497] na Espiritu ang gagawa sa kanilang isip at kalooban, upang huwag nilang mapansin ang mga panunuligsa ng sumisigaw na mga lobo.

Sa pagpapatuloy ng Kaniyang pagtuturo sa mga alagad Niya, ay sinabi ni Jesus, "Mangagpakaingat kayo sa mga tao." Hindi nila dapat ilagak ang lubos nilang pagtitiwala sa mga hindi kumikilala sa Diyos, ni humingi man ng payo sa kanila; sapagka't ito ang magbibigay ng kalamangan sa mga kinakasangkapan ni Satanas. Ang mga gawa ng mga tao ay malimit na sumasalungat sa mga panukala ng Diyos. Ang mga nagtatayo ng templo ng Panginoon ay dapat magsipagtayo nang ayon sa huwarang ipinakita sa bundok—sa wangis ng Diyos. Ang Diyos ay nalalapastangan at ang ebanghelyo ay naipagkakanulo pagka ang mga lingkod Niya ay nagsisiasa sa payo ng mga taong wala sa ilalim ng pamamatnubay ng Espiritu Santo. Ang karunungan ng sanlibutan ay kamangmangan sa Diyos. Ang mga umaasa dito ay tiyak na magkakamali.

"Kayo'y ibibigay nila sa mga Sanedrin, ... oo at kayo'y dadalhin sa harap ng mga gobernador at mga hari dahil sa Akin, sa pagpapatotoo sa kanila at sa mga Hentil." Mateo 10:17, 18. Ang paguusig ay siyang magpapalaganap ng liwanag. Ang mga lingkod ni Kristo ay dadalhin sa harap ng mga dakilang tao ng sanlibutan, na, kundi dahil dito, ang mga ito ay hindi kailanman makakarinig ng ebanghelyo. Ang katotohanan ay binigyan ng maling pagpapakilala sa mga taong ito. Napakinggan nila ang mga bulaang paratang tungkol sa pananampalataya ng mga alagad ni Kristo. Madalas na ang tanging paraan upang mabatid nila ang tunay na uri nito ay

ang patotoo ng mga dinadala sa harap ng hukuman upang litisin sila dahil sa kanilang pananampalataya. Sa ilalim ng pagsisiyasat ang mga ito ay kinakailangang magsisagot, at ang mga huhukom naman sa kanila ay kailangang makinig sa kanilang patotoo. Ang saganang biyaya ng Diyos ay ibibigay sa Kaniyang mga lingkod sa ganitong pangyayari o kagipitan. "Sa oras na yaon," sinasabi ni [498]
Jesus, "ay ipagkakaloob sa inyo ang inyong sasabihin. Sapagka't hindi kayo ang mangagsasalita, kundi ang Espiritu ng inyong Ama ang sa inyo'y magsasalita." Kapag pinapagliwanag na ng Espiritu ng Diyos ang isip ng Kaniyang mga lingkod, ang katotohanan ay maipakikilala sa banal na kapangyarihan at kahalagahan nito. Ang mga tatanggi sa katotohanan ay magsisitayo upang paratangan at siilin ang mga alagad. Nguni't kahit na sila mawalan at mahirapan, o kahit na sila mamatay, ay ihahayag pa rin ng mga anak ng Panginoon ang kaamuan ng Diyos na kanilang Uliran. Sa ganitong paraan ay makikita ang pagkakaiba ng mga kinakasangkapan ni Satanas at ng mga kinatawan ni Kristo. Matataas ang Tagapagligtas sa harap ng mga pinuno at ng mga tao.

Ang mga alagad ay hindi nilangkapan ng tapang at tibay ng mga martir hanggang di-kinailangan ang gayong biyaya. Noon tinupad ang pangako ng Tagapagligtas. Nang si Pedro at si Juan ay magsipagpatotoo sa harap ng kapulungan ng Sanedrin, ang mga tao "ay nangagtaka; at nangagpagkilala nila, na sila'y nangakasama ni Jesus." Mga Gawa 4:13. Tungkol kay Esteban ay nasusulat na "ang lahat ng nangakaupo sa Sanedrin, na nagsisititig sa kaniya, ay kanilang nakita ang kaniyang mukha na katulad ng mukha ng isang anghel." Hindi nagawa ng mga 'tao na "makalaban sa karunungan at sa Espiritu na kaniyang ipinangusap." Mga Gawa 6:15, 10. At nang sulatin naman ni Pablo ang tungkol sa paglilitis sa kaniya sa hukuman ni Cesar, ay sinabi niya, "Sa aking unang pagsasanggalang sinuman ay walang kumampi sa akin, bagkus pinabayaan ako ng lahat. ... Datapwa't ang Panginoon ay sumaakin, at ako'y pinalakas; upang sa pamamagitan ko ang mabuting balita ay maitanyag nang ganap, at upang mapakinggan ng lahat ng mga Hentil: at ako'y iniligtas sa bibig ng leon." 2 Timoteo 4:16, 17.

Ang mga lingkod ni Kristo ay hindi maghahanda ng nakasu- [499]
lat na talumpati pagka sila'y dinala na sa paglilitis. Ang kanilang paghahanda ay dapat gawin nang araw-araw sa pamamagitan ng

pag-iimpok ng mahahalagang katotohanan ng salita ng Diyos, at sa pamamagitan ng panalangin ay pinalalakas ang kanilang pananampalataya. Pagka sila'y iniharap na sa paglilitis, ang Banal na Espiritu ang magpapaalaala sa kanila ng mga katotohanang kanilang kinakailangan.

Ang araw-araw at masigasig na pagsusumikap na makilala ang Diyos, at si Jesukristong Kaniyang isinugo, ay magbibigay ng kapangyarihan at kakayahan sa kaluluwa. Ang kaalamang natatamo sa pamamagitan ng masikap na pagsasaliksik ng mga Kasulatan ay kagyat na ipaalaala sa tumpak na panahon. Nguni't kung kinaligtaan ng sinuman na pag-aralan ang mga salita ni Kristo, kung hindi pa nila natitikman kailanman na subukin ang kapangyarihan ng Kaniyang biyaya sa panahon ng pagsubok, ay hindi nga nila maaasahang ipaaalaala sa kanila ng Banal na Espiritu ang Kaniyang mga salita. Kailangan nilang paglingkuran ang Diyos nang lubos araw-araw, at saka magtiwala sa Kaniya.

Napakahigpit ang magiging pakikipaglaban sa ebanghelyo na anupa't ang pinakamalapit na pagkakaugnayan sa lupa ay di-papansinin. Ang mga alagad ni Kristo ay ibibigay sa kamatayan ng mga sarili nilang kasambahay. "Kayo'y kapopootan ng lahat ng mga tao dahil sa Aking pangalan," idinugtong pa Niya; "datapwa't ang magtitiis hanggang sa wakas, ay siyang maliligtas." Marcos 13:13. Gayunma'y pinagbilinan Niya silang huwag ilantad ang kanilang mga sarili sa pag-uusig. Siya na rin ay madalas umalis sa isang bukirang ginagawan at lumilipat sa iba, upang matakasan ang mga nagbabanta sa Kaniyang buhay. Nang Siya'y tanggihan sa Nazareth, at nang Siya'y pag-isipang patayin ng sarili Niyang mga kababayan, ay lumusong Siya saCapernaum, at doo'y nangamangha ang mga
[500] tao sa Kaniyang turo; "sapagka't may kapangyarihan ang Kaniyang salita." Lukas 4:32. Kaya nga ang mga lingkod Niya ay hindi dapat papanlupaypayin ng paguusig—kundi dapat silang humanap ng pook na doo'y makagagawa pa rin sila sa pagliligtas ng mga kaluluwa.

Ang alipin ay hindi mataas sa kaniyang panginoon. Ang Prinsipe ng langit ay tinawag na Beelzebub, at ang Kaniyang mga alagad ay sa gayunding maling-ipakikilala. Datapuwa't anuman ang panganib, ang mga sumusunod kay Kristo ay dapat hayagang magpahayag ng kanilang mga simulain. Dapat nilang kamuhian ang pagkukubli.

Hindi sila magpipigil na sabihin ang katotohanan kahit na sila'y nanganganib. Sila'y inilagay na mga bantay, upang babalaan ang mga tao tungkol sa panganib nila. Ang katotohanang tinanggap kay Kristo ay kailangang ibigay sa lahat, nang walang-bayad at nang hayagan. Sinabi ni Jesus, "Ang sinasabi Ko sa inyo sa kadiliman, ay sabihin ninyo sa kaliwanagan: at ang narinig ninyo sa bulong, ay inyong ipagsigawan sa mga bubungan."

Si Jesus ay di-kailanman nakipagkasundo sa masama upang makamtan ang kapayapaan. Umaapaw sa Kaniyang puso ang pag-ibig sa buong sangkatauhan, gayunma'y di-kailanman Siya nagpapairog sa Kanilang mga kasalanan. Siya'y tunay nilang kaibigan kaya hindi Siya mapalagay' pagka sila'y gumagawa ng isang bagay na ikapapahamak ng kanilang mga kaluluwa—mga kaluluwang binili Niya ng sarili Niyang dugo. Siya'y nagpagal upang ang tao ay maging tapat sa kaniyang sarili, tapat sa lalong mataas at walang-hanggan niyang kagalingan. Ang mga lingkod ni Kristo ay tinatawag sa ganito ring gawain, at dapat silang magsipag-ingat sapagka't baka, sa pagsisikap nilang maiwasan ang pakikipagtalo, ay isuko naman nila ang katotohanan. Dapat nilang "sundin ang mga bagay na makapapayapa" (Roma 14:19); subali't di-kailanman matatamo ang tunay na kapayapaan kung isinusuko ang simulain. At walang tao'ng makapagtatapat sa simulain nang hindi magkakaroon
ng sasalungat. Ang Kristiyanismong espirituwal ay sasalungatin at [501]
lalabanan ng mga anak ng pagsuway. Nguni't pinagbilinan ni Jesus ang Kaniyang mga alagad na, "Huwag mangatakot sa mga nagsisipatay ng katawan, datapwa't hindi nangakapapatay ng kaluluwa." Hindi dapat katakutan ng mga tapat sa Diyos ang kapangyarihan ng mga tao ni ang galit man ni Satanas. Kay Kristo ay tiyak na panatag ang kanilang walang-hanggang buhay. Ang tangi nilang dapat katakutan ay baka isuko nila ang katotohanan, at sa gayo'y maipagkanulo ang pagtitiwalang ibinigay sa kanila ng Diyos.

Gawain ni Satanas na punuin ng alinlangan ang mga puso ng mga tao. Pinapaniniwala niya sila na ang Diyos ay isang mahigpit o mabagsik na hukom. Tinutukso niya silang magkasala, at pagkatapos ay ituring ang kanilang mga sarili na napakaimbi upang maging karapat-dapat na lumapit sa kanilang Amang nasa langit o upang mahingi ang Kaniyang kaawaan. Nauunawaan ng Panginoon ang lahat nang ito. Tinitiyak ni Jesus sa Kaniyang mga alagad ang pag-

tulong at pakikiramay ng Diyos sa kanila sa mga pangangailangan at mga kahinaan nila. Walang buntunghininga, walang kirot, walang dalamhating tumitimo sa kaluluwa, na hindi dinaramdam ng puso ng Ama.

Ipinakikilala sa atin ng Bibliya na ang Diyos ay nasa Kaniyang mataas at banal na dako, hindi nasa kalagayang walang-ginagawa, na tahimik at nag-iisa, kundi Siya ay napaliligiran ng sampung libong tigsasampung libo at libu-libong mga banal na anghel, na lahat ay nagsisipaghintay na gumanap ng Kaniyang kalooban. Sa pamamagitan ng mga kawaning hindi natin nakikita ay lagi Siyang nakikipagtalastasan sa bawa't bahagi ng Kaniyang kaharian. Datapwa't sa munting patak na ito ng sanlibutan, sa mga taong pinagkalooban Niya ng Kaniyang bugtong na Anak upang iligtas, ay dito nakasen-
[502] tro ang pagmamalasakit ng Diyos at ang pagmamalasakit ng buong sangkalangitan. Siya'y yumuyuko buhat sa Kaniyang luklukan upang pakinggan ang daing ng mga naaapi. Sa bawa't tapat na panalangin ay sumasagot Siya ng, "Narito Ako." Ibinabangon Niya ang mga lugami at mga niyurakan. Sa lahat ng ating mga kapighatian ay napipighati Siya. Sa bawa't tukso at sa bawa't pagsubok ay malapit at nagliligtas ang anghel ng Kaniyang pakikiharap.

Kahit isang maya ay hindi nahuhulog sa lupa nang dinalalaman ng Ama. Ang pagkapoot ni Satanas sa Diyos ay umaakay sa kaniya upang kapootan ang bawa't kinakalinga ng Tagapagligtas. Pinagsisikapan niyang sirain ang mga gawa ng Diyos, at ikinatutuwa niyang lipulin pati ng mga di-makapagsalitang nilalang. Dahil lamang sa nagsasanggalang na pangangalaga ng Diyos kung kaya naiingatan ang mga ibon na nagpapasaya sa atin sa pamamagitan ng kanilang mga awit ng kagalakan. Nguni't hindi Niya kinalilimutan pati ng mga maya. "Huwag nga kayong mangatakot, kayo'y lalong mahalaga kaysa maraming maya."

Patuloy na wika ni Jesus: Kapag Ako'y ipinahayag ninyo sa harap ng mga tao, kayo naman ay Aking ipahahayag sa harap ng Diyos at ng mga banal na anghel. Kayo'y dapat maging mga saksi Ko sa ibabaw ng lupa, mga kasangkapang dadaluyan ng Aking biyaya upang pagalingin ang sanlibutan. Kaya Ako ang magiging kinatawan ninyo sa langit. Hindi tinitingnan ng Ama ang inyong maykapintasang likas, kundi tinitingnan Niya kayo na parang kayo'y nararamtan ng Aking kasakdalan. Sa pamamagitan Ko dadaloy sa

inyo ang mga pagpapala ng Langit. At ang bawa't isang nagpapahayag sa Akin sa pamamagitan ng pakikibahagi sa Aking pagpapakasakit para sa mga nawawaglit ay ipahahayag din naman siya bilang kabahagi sa kaluwalhatian at kagalakan ng mga tinubos. [503]

Ang sinumang nag-iibig ipahayag si Kristo ay kailangang tumatahan sa kaniya si Kristo. Hindi niya maipatatalastas yaong bagay na hindi pa niya natatanggap. Maaaring buong husay na makapagsalita ang mga alagad tungkol sa mga doktrina o mga aral, at maaaring maulit pa nila ang mga sinalita ni Kristo; subali't kung wala sa kanila ang kaamuan at pag-ibig ni Kristo, ay hindi nila ipinahahayag Siya. Ang isang diwang salungat sa diwa ni Kristo ay ikakaila Siya, anuman ang sabihin. Maaaring ikaila ng mga tao si Kristo sa pamamagitan ng pagsasalita ng masama, ng pagsasabi ng kamangmangan, at ng mga salitang walang-katotohanan o may-kalupitan. Maikakaila nila Siya sa pamamagitan ng pag-iwas sa mga pasanin sa buhay, sa pamamagitan ng paghahangad at paggawa ng makasalanang kalayawan. Maikakaila nila Siya sa pamamagitan ng pakikiayon sa sanlibutan, ng di-magalang na asal, ng pag-ibig sa sarili nilang mga opinyon, ng pagbibigay-katwiran sa sarili, ng pagkikimkim ng alinlangan, paggawa ng kaguluhan, at pananatili sa dilim. Sa lahat ng mga paraang ito ay ipinahahayag nilang si Kristo'y wala sa kanila. At "sinumang sa Aki'y magkaila sa harap ng mga tao," wika Niya, "ay ikakaila Ko naman siya sa harap ng Aking Ama na nasa langit." Pinagbilinan ng Tagapagligtas ang Kaniyang mga alagad na huwag nilang asahang mawawakasan ang pagsalungat o paglaban sa ebanghelyo, na pagkaraan ng isang panahon ay mawawala na ang paglabang ito. Sinabi Niya, "Hindi Ako naparito upang magdala ng kapayapaan, kundi ng tabak." Ang pagkakaroon ng pag-aalitan ay hindi gawa ng ebanghelyo, kundi bunga ito ng paglaban dito. Sa lahat ng pag-uusig ang pinakamahirap tiisin ay ang pagkakahidwaan sa tahanan, ang pagkakalayo o paghihiwalay ng mga pinakamamahal sa lupa. Nguni't sinasabi ni Jesus na, "Ang umiibig sa ama o sa ina nang higit kaysa Akin ay hindi karapat-dapat sa Akin: at ang umiibig sa anak na lalaki o sa anak na babae nang higit [504]
kaysa Akin ay hindi karapat-dapat sa Akin. At ang hindi nagpapasan ng kaniyang krus, at sumusunod sa Akin, ay hindi karapat-dapat sa Akin."

Ang misyon ng mga lingkod ni Kristo ay isang mataas na karangalan, at isang banal na tiwala. “Ang tumatanggap sa inyo,” sinasabi Niya, “ay Ako ang tinatanggap, at ang tumatanggap sa Akin ay tinatanggap ang nagsugo sa Akin.” Ang anumang kagandahang-loob na gawin sa kanila alang-alang sa Kaniyang pangalan ay walang-pagsalang kikilalanin at gagantihin. At sa magiliw na pagkilala ring ito ay isinasama Niya ang pinakamahina at pinakaaba sa sambahayan ng Diyos: “Sinumang magpainom sa isa sa maliliit na ito”—yaong mga parang bata sa kanilang pananampalataya at sa kanilang pagkakilala kay Kristo—“ng kahit isang sarong tubig na malamig sa pangalan ng isang alagad, ay katotohanang sinasabi Ko sa inyo, na hindi mawawala ang ganti sa kaniya.”

Sa ganito tinapos ng Tagapagligtas ang Kaniyang pagtuturo. Sa pangalan ni Kristo ay nagsihayo ang piniling Labindalawa, gaya ng paghayo Niya, “upang ipangaral ang mabubuting balita sa mga dukha, ... upang magpagaling ng mga bagbag na puso, upang itanyag sa mga bihag ang pagkaligtas, at sa mga bulag ang pagkakita, upang bigyan ng kalayaan ang nangaaapi, upang itanyag ang kaaya-ayang
[505] taon ng Panginoon.” Lukas 4:18, 19.

# Kabanata 38—“Magsiparito Kayo at Magpahingang Sandali”

Ang kabanatang ito ay batay sa Mateo 4:1,2,12,13; Marcos 6:30-32; Lukas 9:7-10.

Nang sila’ magsipagbalik buhat sa paglalakbay misyonero, “ang mga apostol ay nangagpisan kay Jesus, at isinaysay nila sa Kaniya ang lahat ng mga bagay na kanilang ginawa, at ang lahat ng kanilang itinuro. At sinabi Niya sa kanila, Magsiparito kayo nang bukod sa isang dakong ilang, at mangagpahinga kayo nang kaunti: sapagka’t marami ang nangagpaparoo’t parito, at sila’y hindi man lamang mangagkapanahon na magsikain.” Nagsilapit kay Jesus ang mga alagad at sinabi sa Kaniya ang lahat ng mga bagay. Ang matalik nilang pagkakaugnay sa Kaniya ay nagpalakas ng loob nila upang ilahad sa Kaniya ang kalugud-lugod at di-kalugud-lugod na mga karanasan nila, ang kanilang tuwa na makita ang mga bunga ng kanilang mga pagpapagal, at ang kanilang kalungkutan sa mga pagkabigo nila, mga pagkakamali nila, at mga kahinaan nila. Nakagawa sila ng mga kamalian sa una nilang paggawa bilang mga ebanghelista, at habang matapat nilang isinasalaysay kay Kristo ang kanilang mga karanasan, ay nakita Niyang kailangan pa nilang turuan nang marami. Nakita rin Niya, na sila’y lubhang napagod sa kanilang mga paggawa, na anupa’t kailangan nilang makapamahinga.

Datapwa’t sa kinaroroonan nila noon ay hindi sila magkaroon [506] ng kinakailangang bukod at sarilinang paguusap; “sapagka’t marami ang nangagpaparoo’t parito, at sila’y hindi man lamang mangagkapanahon na magsikain.” Dumadagsa kay Kristo ang mga tao, na sabik magpagamot, at sabik ding makinig ng Kaniyang mga salita. Marami ang nahihilang lumapit sa Kaniya; sapagka’t sa ganang kanila’y para bagang Siya’y isang bukal ng mga pagpapala. Marami sa mga nagsidagsa sa palibot ni Kristo noon upang tanggapin ang mahalagang biyaya ng kalusugan ay tinanggap din Siya bilang Tagapagligtas nila. Marami pa ring iba, na takot noong kilalanin Siya,

dahil sa mga Pariseo, ay nangahikayat nang bumaba ang Banal na Espiritu, at, sa harap ng mga nagagalit na saserdote at mga pinuno, ay kinilala Siya bilang Anak ng Diyos.

Datapwa't ngayo'y nais ni Kristong magkaroon sila ng bukod na lugar na mapagpapahingahan, upang makaniig Niya nang sarilinan ang Kaniyang mga alagad; sapagka't marami pa Siyang sasabihin sa kanila. Sa paggawa nila ay dumaan sila sa mahigpit na pagsubok ng pakikipagtunggali, at sila'y nakasagupa ng iba't ibang uri ng pagtutol at pagsalungat. Hanggang sa panahong ito ay sumangguni sila kay Kristo sa lahat ng bagay; nguni't may ilang panahong sila ay napag-isa, at manaka-nakang sila'y nagkaroon ng suliranin tungkol sa kung ano kaya ang mabuting gawin. Nakasumpong sila ng lakas ng loob sa kanilang paggawa; sapagka't hindi sila pinahayo ni Kristo nang hindi kasama ang Kaniyang Espiritu, at sa pamamagitan ng pagsampalataya sa Kaniya ay gumawa sila ng maraming kababalaghan; nguni't ngayo'y kailangan nilang kumain ng Tinapay ng Buhay. Kailangan nilang pumunta sa isang bukod na lugar na mapagpapahingahan, na doo'y makakausap nila si Jesus ng sarilinan at matatanggap ang turo Niya't tagubilin para sa gagawin nila sa haharapin.

"At sinabi Niya sa kanila, Magsiparito kayo nang bukod sa isang
[507] dakong ilang, at mangagpahinga kayo nang kaunti." Si Kristo ay lipos ng paggiliw at kahabagan sa lahat na nagsisipaglingkod sa Kaniya. Nais Niyang ipakilala sa Kaniyang mga alagad na ang Diyos ay hindi humihingi ng hain, kundi habag. Idinumog nila ang buo nilang kaluluwa sa paggawa para sa mga tao, at ito ang umubos ng lakas ng kanilang katawan at isip. Tungkulin nilang magpahinga.

Nang makita ng mga alagad ang tagumpay ng kanilang mga paggawa, nanganib silang kanilang angkinin ang karangalan, nanganib silang mag-aruga sa puso ng espirituwal na pagmamataas, at sa gayo'y mahulog sa mga tukso ni Satanas. Nasa unahan nila ang isang malaking gawain, at una sa lahat ay dapat nilang maunawaan na ang kanilang lakas ay wala sa kanilang sarili, kundi nasa Diyos. Tulad ni Moises sa ilang ng Sinai, tulad ni David sa mga burol ng Judea, o tulad ni Elias sa batis ng Cherith, kailangan ng mga alagad na umalis sa mga pook ng kanilang masigasig na paggawa, upang makipagniig kay Kristo, sa katalagahan, at sa kanilang sariling mga puso.

Samantalang ang mga alagad ay wala at nasa kanilang paglalakbay misyonero, dinalaw naman ni Jesus ang ibang mga bayan at mga nayon, na ipinangangaral ang ebanghelyo ng kaharian. Halos nang mga panahong ito dumating sa Kaniya ang balita ng pagpatay kay Juan Bautista. Ang pangyayaring ito ang buhay na buhay na nagharap sa Kaniya ng kahahantungan ng sarili Niyang mga hakbang. Makapal nang nag-iipon ang dilim sa Kaniyang landas. Ang mga saserdote at mga rabi ay nagsisipag-abang ng pagkakataon upang Siya'y maipapatay, nakamatyag ang mga tiktik sa Kaniyang mga hakbang, at sa Iahat ng dako ay dumarami ang mga sabuwatan para sa Kaniyang ikapapahamak. Umabot kay Herodes ang balita ng pangangaral ng mga apostol sa buong Galilea, kaya't si Jesus at ang Kaniyang gawain ay tumawag sa pansin nito. "Ito'y si Juan
Bautista," wika niya; "siya'y muling nagbangon sa mga patay;" [508]
at nagpahayag siya ng pagnanais na makita si Jesus. Laging nangangamba si Herodes na baka bumangon ang isang paghihimagsik, na ang layunin ay mapaalis siya sa luklukan ng kapangyarihan, at maibagsak ang pamatok ng Roma sa bansang Hudyo. Nag-iinapoy sa bayan ang diwa ng kawalang-kasiyahan at paghihimagsik. Maliwanag na ang hayagang mga paggawa ni Kristo sa Galilea ay hindi na maipagpapatuloy nang matagal. Nalalapit na ang yugto ng Kaniyang paghihirap, at kaya nga nais Niyang mapahiwalay na sandali sa kaguluhan at ingay ng karamihan.

Sakbibi ng kalungkutang dinala sa libingan ng mga alagad ni Juan Bautista ang walang-ulong bangkay nito. Pagkatapos ay "sila'y nagsialis at isinaysay kay Jesus." Ang mga alagad na ito ay nainggit kay Kristo nang waring nahihila Niya ang mga taong palayo kay Juan. Pumanig sila sa mga Pariseo sa pagpaparatang sa Kaniya nang Siya'y umupong kasalo ng mga maniningil ng buwis sa piging ni Mateo. Pinag-alinlanganan nila ang Kaniyang banal na misyon dahil sa hindi Niya pinalaya si Juan Bautista. Datapwa't ngayong patay na ang kanilang guro, at kailangan nila ang kaaliwan sa matinding kalungkutan nila, at kailangan din nila ang kaukulang patnubay tungkol sa gagawin nila sa hinaharap, ay nagsilapit sila kay Jesus, at nakipagkaisa sa Kaniya. Kailangan din naman nila ang isang panahon ng matahimik na pakikipagniig at pakikipag-usap sa Tagapagligtas.

Sa malapit sa Bethsaida, sa hilagang dulo ng dagat, ay may isang liblib na dako, na ngayo'y marikit sa taglay na sariwang kaluntian ng tagsibol, na naghahandog kay Jesus at sa mga alagad Niya ng isang mainam at karapat-dapat na mapagpapahingahan. Ito ang nasa isip nilang puntahan, kaya tumawid sila sa dagat na lulan ng daong. Sa lugar na ito'y magiging malayo sila sa mga lansangan, at sa ingay at gulo ng siyudad. Sa mga tanawin lamang ng katalagahan ay
[509] nadudulutan na sila ng kapahingahan, isang tunay na pagbabago ng kapaligirang maipagpapasalamat at nakagiginhawa sa pakiramdam. Sa pook na ito'y makakapakinig sila sa mga salita ni Kristo nang hindi mapapakinggan ang mga pagalit at paangil na pagtatanong, ang mga pakli't paratang ng mga eskriba at mga Pariseo. Dito'y makapagtatamasa sila ng isang maigsing panahon ng mahalagang pakikisama at pakikipagniig sa kanilang Panginoon.

Ang pagpapahingang ginawa ni Kristo at ng Kaniyang mga alagad ay hindi pamamahingang pagpapairog o pagpapalayaw sa sarili. Ang panahong ginugol nila sa pagpapahinga ay hindi ginamit sa pag-aaliw at paglilibang. Nag-usap sila tungkol sa gawain ng Diyos, at kung paano lalong mapagbubunga nang malaki ang gawain. Nakasama na ni Kristo ang mga alagad, kaya't nauunawaan nila Siya; hindi na Niya kailangang magsalita pa sa pamamagitan ng mga talinhaga. Iwinasto Niya ang kanilang mga pagkakamali, at niliwanag sa kanila ng matwid na paraan ng paglapit sa mga tao. Lubos Niyang binuksan sa kanila ang mahahalagang kayamanan ng banal na katotohanan. Sila'y pinalakas sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos, at pinasigla sa pag-asa at lakas ng loob.

Bagama't si Jesus ay makagagawa ng mga kababalaghan, at binigyan din naman Niyang kapangyarihan ang mga alagad Niya na gumawa ng mga kababalaghan, gayon ma'y pinagbilinan Niya ang Kaniyang mga pagod na lingkod na magsilabas ng bayan at magsipagpahinga. Nang sabihin Niyang malaki ang aanihin, at kakaunti ang mga manggagawa, ay hindi Niya pinilit ang Kaniyang mga alagad na magsigawang walang-tigil, kundi sinabi Niyang, "Idalangin nga ninyo sa Panginoon ng aanihin, na magpadala Siya ng mga manggagawa sa Kaniyang aanihin." Mateo 9:38. Itinakda ng Diyos sa bawa't tao ang kaniyang gawain, alinsunod sa kaniyang kakayahan (Efeso 4:11-13), at hindi Niya nais na ang ilan ay mabi-
[510] gatan sa mga kapanagutan samantalang ang iba'y walang anumang

dinadalang pasanin sa mga kaluluwa.

Ang mga salita ng kahabagang binigkas ni Kristo sa Kaniyang mga alagad nang una ay sinasabi rin Niya sa mga manggagawa Niya ngayon. "Magsiparito kayo nang bukod, ... at mangagpahinga kayo nang kaunti," sinasabi Niya sa mga nahahapo at napapagal. Hindi mabuti na lagi na lamang sumasailalim ng hirap ng paggawa at ng pag-aalaala, kahit na sa paglilingkod na ukol sa mga pangangailangang espirituwal ng mga tao; sapagka't sa ganitong paraan ay napapabayaan ang pansariling ikababanal, at labis na napahihirapan ang mga kapangyarihan o kalakasan ng isip at kaluluwa at katawan. Ang pagtanggi o pagkakait sa sarili ay hinihingi sa mga alagad ni Kristo, at kailangan din ang gumawa ng mga pagpapakasakit o pagsasakripisyo; subali't kailangan din namang gumawa ng pag-iingat baka sa kanilang labis na kasipagan ay mapagsamantalahan ni Satanas ng kahinaan ng tao, at tuloy madungisan ang gawain ng Diyos.

Sa palagay ng mga rabi ang tunay na relihiyon ay ang laging masikap at masigla sa paggawa. Sa panlabas nilang paggawa sila umaasa upang maipakilala ang kanilang nakahihigit na kabanalan. Sa ganitong paraan nila inihiwalay ang mga kaluluwa nila sa Diyos, at sila'y nangasiyahan na sa kanilang sarili. Nananarili pa rin ang panganib na ito. Habang nararagdagan ang gawain at nagiging matagumpay naman ang mga tao sa kanilang paggawa ng anumang gawain para sa Diyos, ay may panganib na magtiwala ang mga tao sa kanilang mga panukala at mga pamamaraan. Nagkakaroon ng hilig na bawasan ang pananalangin, at magkulang ng pananampalataya. Katulad ng mga alagad, tayo'y nanganganib na hindi natin madamang sa Diyos tayo dapat umasa, at gagawin nating isang tagapagligtas ang ating mga ginagawa. Kailangan nating laging tumingin kay Jesus, na kinikilalang ang kapangyarihan Niya ang gumagawa ng gawain. Bagama't dapat tayong gumawa nang buong [511]
sikap sa pagliligtas ng mga waglit, gayunma'y dapat din naman tayong mag-ukol ng panahon sa pagbubulay-bulay, sa pananalangin, at sa pag-aaral ng salita ng Diyos. Ang gawaing ginawa lamang nang may kasamang maraming pananalangin, at pinabanal ng biyaya ni Kristo, ang sa wakas ay magiging mabisa at mabuti.

Wala nang buhay ng taong nabuntunan ng dami ng gawain at ng bigat ng kapanagutan na gaya ng kay Jesus; gayunma'y kaydalas

Siyang masumpungan sa pananalangin! Kaylimit Niyang makipag-usap sa Diyos! Paulit-ulit na sa kasaysayan ng Kaniyang buhay sa lupa ay nasusumpungan ang mga talang gaya nito: “Nagbangon Siya nang madaling-araw, na malalim pa ang gabi, at lumabas, at napasa isang dakong ilang, at doo’y nanalangin.” “Nangagkatipon ang lubhang maraming tao upang makinig, at upang pagalingin sa kanilang mga sakit. At Siya’y lumigpit sa mga ilang, at nanalangin.” “At nangyari nang mga araw na ito, na Siya’y napasa bundok upang manalangin, at sa buong magdamag ay nanatili Siya sa pananalangin sa Diyos.” Marcos 1:35; Lukas 5:15, 16; 6:12.

Sa isang kabuhayang ganap na nakatalaga sa ikabubuti ng mga iba, ay nasumpungan ng Tagapagligtas na kailangan Niyang umalis sa mga lansangan at lisanin ang maraming taong sumusunod sa Kaniya araw-araw. Kailangang tumigil Siya sa walang-humpay na paggawa at sa pakikipag-ugnay sa mga taong nangangailangan, upang mamahinga at magkaroon ng walang-patid na pakikiugnay sa Kaniyang Ama. Bilang isa na kasama natin, isa na nakikibahagi sa ating mga pangangailangan at mga kahinaan, Siya’y lubos na umasa sa Diyos, at sa lihim na dakong panalanginan ay humingi Siya sa Diyos ng kalakasan, upang magampanan Niya ang tungkulin at masagupa ang pagsubok. Sa sanlibutan ng kasalanan ay nagbata si Jesus ng mga pakikilaban at pahirap ng kaluluwa. Sa Kaniyang
[512] pakikipag-usap sa Diyos ay naibulalas Niya ang mga kalungkutang dumudurog sa Kaniyang kaluluwa. Dito’y nakasumpong Siya ng kaaliwan at kagalakan.

Sa pamamagitan ni Kristo ay nakaaabot sa Ama ng walang-hanggang kaawaan ang daing ng sangkatauhan. Bilang isang tao ay nakiusap Siya sa luklukan ng Diyos hanggang sa ang buo Niyang katauhan ay daluyan ng kapangyarihan ng langit na mag-uugnay sa mga tao at sa Diyos. Sa pamamagitan ng patuloy na pakikipag-usap ay tumanggap Siya ng buhay mula sa Diyos, upang makapagbigay naman Siya ng buhay sa sanlibutan. Ang karanasan Niya ay dapat maging atin.

“Magsiparito kayo nang bukod,” atas Niya sa atin. Kung pakikinggan natin ang Kaniyang salita, tayo’y magiging lalong malakas at lalong kapaki-pakinabang. Hinanap si Jesus ng mga alagad, at sinabi sa Kaniya ang lahat ng mga bagay; at sila’y Kaniyang pinalakas ang loob at tinuruan. Kung ngayo’y maglalaan tayo ng panahon

sa paglapit kay Jesus at sasabihin natin sa Kaniya ang ating mga pangangailangan, ay hindi tayo mabibigo; Siya'y sasaating kanan at tutulungan tayo. Nangangailangan tayo ng higit na kasimplihan, ng higit na pagtitiwala at pananalig sa ating Tagapagligtas. Siya na ang pangalan ay tinatawag na "Makapangyarihang Diyos, Walang-hanggang Ama, Pangulo ng Kapayapaan;" Siya na tungkol sa Kaniya ay nasusulat na, "ang pamamahala ay maaatang sa Kaniyang balikat," ay siyang Kahanga-hangang Tagapayo. Tayo'y inaanyayahang humingi ng karunungan sa Kaniya. Siya'y "nagbibigay nang sagana sa lahat ng mga tao, at hindi nanunumbat." Isaias 9:6; Santiago 1:5.

Sa lahat ng mga sumasailalim ng pagtuturo ng Diyos ay dapat mahayag ang isang kabuhayang hindi nakikiayon sa sanlibutan, sa mga kaugalian nito, o sa mga ginagawa nito; at bawa't isa ay kailangang magkaroon ng pansariling karanasan na makaalam ng kalooban ng Diyos. Ang bawa't isa sa atin ay dapat makinig sa Kaniya sa pagsasalita Niya sa bawa't puso natin. Kapag tahimik ang [513]
tinig ng iba, at sa katahimikan ay naghihitay tayo sa Kaniya, ang pananahimik ng ating kaluluwa ay pinagiging lalong malinaw ang tinig ng Diyos. Pinagbibilinan Niya tayong, "Kayo'y magsitigil, at kilalanin ninyo na Ako ang Diyos." Awit 46:10. Dito lamang natatagpuan ang tunay na kapahingahan. At ito ang mabisang paghahanda para sa lahat ng mga naglilingkod sa Diyos. Sa gitna ng nagdudumaling karamihan, at sa hirap ng mahihigpit na gawain sa buhay, ang kaluluwang sa ganitong paraa'y napalakas at naipasigla ay mapaliligiran ng impluwensiya ng kaliwanagan at kapayapaan. Ang buhay ay magbibigay ng mabangong halimuyak, at maghahayag ng isang banal na kapangyarihang aabot sa mga puso ng mga tao. [514]

## Kabanata 39—“Bigyan Ninyo Sila ng Makakain”

Ang kabanatang ito ay batay sa Mateo 14:13-21; Marcos 6:32-44; Lukas 9:10-17; Juan 6: 1-13.

Namahinga si Kristo sa isang liblib na pook na kasama ang Kaniyang mga alagad, nguni’t ang bibihirang pagkakataong ito ng mapayapang katahimikan ay madaling nasira. Ang akala ng mga alagad ay hindi na sila magagambala sa dakong kanilang pinamamahingahan; nguni’t kapagkaraka ring hindi makita ng karamihan ang banal na Guro, ay nagsipagtanong sila, “Saan naroon Siya?” Ang ilan sa gitna nila ay nakapansin sa dakong pinuntahan ni Kristo at ng mga alagad Niya. Marami ang nagsipaglakad upang sundan sila, samantalang ang iba naman ay nagsisunod sa pamamagitan ng pagtawid sa dagat na lulan ng kanilang mga bangka. Malapit na noon ang Paskuwa, at, buhat sa malayo at malapit, ay makikita ang mga pulutong ng mga nagsisipaglakbay sa daang patungo sa Jerusalem na nagsipagkatipon upang makita si Jesus. Naragdagan nang naragdagan ang bilang nila, hanggang sa ang mga nagkakatipon ay umabot sa bilang na limang libong lalaki bukod ang mga babae at mga bata. Bago sumapit si Kristo sa pampang, ay isang malaking karamihan ang naghihintay na sa Kaniya. Nguni’t nakalunsad Siya nang walang nakamalay sa kanila, at sandaling panahong bumukod na kasama ng
[515] mga alagad.

Buhat sa tabi ng burol ay tinanaw Niya ang kumikilos na karamihan, at nalipos ng habag ang Kaniyang puso. Bagama’t Siya’y nagambala, at hindi nakapamahinga, ay hindi Siya nayamot. Napagkilala Niya ang isang lalong malaking pangangailangan na humihingi ng Kaniyang pag-aasikaso nang matanaw Niya ang mga tao na dating at dating. “Nahahabag Siya sa kanila, sapagka’t sila’y gaya ng mga tupa na walang pastor.” Iniwan Niya ang Kaniyang pamamahinga, at humanap Siya ng isang magandang lugar na doo’y mapaglilingkuran Niya sila. Wala silang matanggap na tulong mula sa mga saserdote at mga pinuno; gayunma’y dumaloy naman buhat

kay Kristo ang nagpapagaling na mga tubig ng buhay nang ituro Niya sa karamihan ang daan ng kaligtasan.

Nakinig ang mga tao sa mga salita ng awang lumalabas nang buong laya sa mga labi ng Anak ng Diyos. Kanilang napakinggan ang mabiyayang mga salita, napakapayak at napakalinaw na anupa’t ang mga iyon ay parang balsamo ng Gilead sa kanilang mga kaluluwa. Ang pagpapagaling ng Kaniyang banal na kamay ay naghatid ng ligaya at buhay sa mga nangag-aagaw-buhay, at ginhawa at kalusugan sa mga pinahihirapan ng karamdaman. Ang maghapong yaon ay wari bagang langit nila sa iupa, at ganap nilang di-namalayang sila pala’y maluwat nang hindi nagsisikain.

Nagtatakipsilim na. Lumulubog na ang araw sa kanluran, at gayon pa ma’y hindi pa rin nag-aalisan ang mga tao. Maghapong gumagawa si Jesus nang walang pagkain at walang pahinga. Namumutla na Siya sa pagod at gutom, kaya pinamanhikan na Siya ng mga alagad na huminto na Siya sa Kaniyang paggawa. Nguni’t hindi Niya maiwan ang maraming nagsisiksikan sa Kaniya.

Katapus-tapusa’y nilapitan na Siya ng mga alagad, at sinabing alang-alang na rin sa mga tao ay dapat na silang pauwiin. Marami ang nagbuhat pa sa malayo, at walang kinakaing anuman mula pa
nang umaga. Sa mga nakapaligid na mga bayan. at mga nayon ay [516]
maaaring makabili sila ng makakain. Datapwa’t sinabi ni Jesus, “Bi- [517]
gyan ninyo sila ng makakain,” at pagkatapos, ay binalingan si Felipe at nagtanong, “Saan tayo magsisibili ng tinapay, upang mangakakain ang mga ito?” Ito’y sinabi Niya upang subukin ang pananampalataya ng alagad. Tinanaw ni Felipe ang dagat ng mga ulo, at naisip nitong ang gayong karaming tao ay hindi mabibigyan ng sapat na pagkaing makasisiya sa mga pangangailangan ng mga yaon. Sumagot ito at sinabing ang dalawandaang denaryong tinapay ay hindi makasasapat upang makakain ng tigkakaunti ang bawa’t isa. Itinanong ni Jesus kung gaano karaming pagkain ang maaaring matagpuan sa pulutong ng mga tao. “May isang batang lalaki rito,” wika ni Andres, “na mayroong limang tinapay na sebada, at dalawang maliliit na isda: datapwa’t gaano na ang mga ito sa ganyang karamihan?” Ipinag-utos ni Jesus na dalhin sa Kaniya ang mga tinapay at mga isdang ito. Saka Niya inatasan ang mga alagad na paupuin sa damuhan ang mga tao nang lima-limampu o manda-mandaan, upang maging maayos, at upang masaksihan ng lahat ang Kaniyang gagawin. Nang ito’y

matapos, ay kinuha ni Jesus ang pagkain, "at pagtingala sa langit, ay Kaniyang pinagpala, at pinagputul-putol, at ibinagay ang miga tinapay sa mga alagad, at ibinigay naman ng mga alagad sa mga karamihan." "At nagsikain silang lahat, at nangabusog. At kanilang pinulot ang mga pinagputul-putol, labindalawang bakol na puno ng tinapay at mga isda." Siya na nagturo sa mga tao ng daan upang makapagtamo ng kapayapaan at kaligayahan ay maalalahanin din naman sa kanilang mga pangangailangang pangkabuhayan at sa kanilang pangangailangang espirituwal. Ang mga tao'y pagal at lupaypay. May mga inang may kalong na mga sanggol sa kanilang mga bisig, at mayroon pang maliliit na batang nangakakapit sa kanilang mga saya. Marami ang namalaging nangakatayo sa loob
[518] ng
maraming oras. Gayon na lamang katindi ang kasabikan nila sa mga salita ni Kristo na anupa't hindi man lamang nila naisip na maupo kahit sandali, at ang mga tao naman ay lubhang napakarami na anupa't nanganganib na magkayapakan sila sa isa't isa. Ibig ni Jesus na bigyan sila ng pagkakataong makapamahinga, kaya nga iniutos Niyang sila'y magsiupo. Malawak ang damuhan sa dakong yaon, at ang lahat ay maginhawang makapagpapahinga.

Di-kailanman gumawa si Kristo ng isang himala o kababalaghan kundi sadyang tunay na kailangan, at ang bawa't himala ay may uring makaaakay sa mga tao sa punungkahoy ng buhay, na ang mga dahon ay pampagaling sa mga bansa. Ang sinpleng pagkaing ipinamahagi ng mga alagad ay mayamang-mayaman sa mga aral. Dukhang pagkain lamang ang ibinigay; ang tinapay at isda ay siyang abang pagkain sa araw-araw ng mga mangingisdang nasa paligid-ligid ng Dagat ng Galilea. Magagawa ni Kristong ihain sa harap ng mga tao ang mayama't masasarap na pagkain, subali't ang pagkaing inihanda para sa kasiyahan lamang ng panlasa ay hindi makapaghahatid ng anumang aral na para sa ikabubuti nila. Dito'y itinuro ni Kristo sa kanila na ang katutubong pagkaing inihanda ng Diyos para sa tao ay pinasama. At di-kailanman nakapagtamasa ang mga tao ng maluhong mga pagkaing inihanda sa ikasisiya ng sumamang panlasa na digaya ng tinamasang kapahingahan at simpleng pagkain ng mga taong ito na inilaan ni Kristo sa mga tahanan ng mga tao.

Kung ang mga tao lamang ngayon ay simple sa kanilang mga pag-uugali, na namumuhay na kaayon ng mga batas ng katalagahan,

na gaya nina Adan at Eba noong pasimula, sana'y nagkaroon ng saganang maitutustos sa mga pangangailangan ng sambahayan ng mga tao. Sana'y dadalang o uunti ang mga iniisip na kailangan, at mararagdagan ang mga pagkakataong gumawa sa mga paraan ng [519]
Diyos. Subali't ang pagkamakasarili at ang pagpapairog sa di-likas na panlasa ay naghatid ng kasalanan at kahirapan sa sanlibutan, sa isang dako'y dahil sa pagmamalabis, at sa kabilang dako'y dahil sa pagsasalat o kakulangan.

Hindi pinagsikapan ni Jesus na maakit Niya ang mga tao sa pamamagitan ng pagbibigay-kasiyahan sa nais nilang luho. Sa malaking karamihang yaon, na pagod at gutom pagkatapos ng matagal at nakatitigatig-ng-damdaming maghapon, ang simpleng pagkain ay hindi lamang nagpapakilala ng Kaniyang kapangyarihan, kundi ng Kaniya rin namang magiliw na pag-aasikaso sa kanila sa mga karaniwang pangangailangan nila sa buhay. Hindi ipinangangako ng Tagapagligtas sa Kaniyang mga tagasunod ang mga luho ng sanlibutan; ang pagkain nila ay maaaring maging simple, at kakaunti pa; maaaring kapalaran nilang maging maralita; gayunman ang Kaniyang salita ay nangangakong ibibigay Niya ang kanilang pangangailangan, at lalo pang mabuti kaysa mga bagay ng sanlibutan ang Kaniyang ipinangangako—ang nananatiling pag-aliw ng sarili Niyang pakikiharap.

Sa pagpapakain sa limang libo, ay inaangat ni Jesus ang lambong na tumatabing sa sanlibutan ng katalagahan, at inihahayag ang kapangyarihang laging gumagawa sa ikabubuti natin. Sa pagpapasagana sa mga inaani sa lupa ay gumagawa ang Diyos ng kababalaghan araw-araw. Sa pamamagitan ng mga bagay ng katalagahan ay naisasagawa ang gawain ding iyon na ginawa sa pagpapakain sa karamihan. Inihahanda ng mga tao ang lupa at inihahasik ang binhi, datapwa't ang buhay na mula sa Diyos ang nagpapatubo sa binhi. Ulan at hangin at sikat ng araw ng Diyos ang siyang nagpapasibol, "una-una'y usbong, saka uhay, pagkatapos ay butil na humihitik sa uhay." Mareos 4:28. Diyos ang nagpapakain sa mga angaw-angaw na buhat sa mga inaani sa bukid ng lupa. Ang mga tao'y tinatawagang makipagtulungan sa Diyos sa pag-aalaga ng mga butil at sa paghahanda [520]
ng tinapay, at dahil dito kaya hindi nila nakikita ang kamay ng Diyos. Hindi nila ibinibigay sa Diyos ang papuri o pagluwalhating marapat sa Kaniyang banal na pangalan. Ang paggawa ng Kaniyang

kapangyarihan ay ikinakapit nila sa mga bagay na katutubo o sa mga taong kinakasangkapan. Tao ang niluluwalhati at hindi ang Diyos, at ang mahahalaga Niyang mga kaloob ay pinasasama sa pamamagitan ng makasariling mga paggamit, at ginagawa tuloy na isang sumpa sa halip na isang pagpapala. Sinisikap ng Diyos na baguhin ang lahat nang ito. Nais Niyang patalasin ang ating mapupurol na diwa upang maunawaan ang Kaniyang mahabaging kagandahang-loob at upang papurihan Siya't luwalhatiin sa paggawa ng Kaniyang kapangyarihan. Hangad Niyang kilalanin natin Siya sa Kaniyang mga ipinagkakaloob, upang ang mga ito, gaya ng panukala Niya, ay maging isang pagpapala sa atin. Sa ikatutupad o ikagaganap ng panukalang ito kaya ginawa ang mga himala o mga kababalaghan ni Kristo.

Pagkatapos mapakain ang karamihan, ay may natira pang saganang pagkain. Datapwa't Siya na kinaroroonan ng lahat na mga kayamanan ng walang-hanggang kapangyarihan ay nagwika, "Pulutin ninyo ang mga pinagputulputol na lumabis, upang walang anumang masayang." Ang mga salitang ito ay hindi lamang nangangahulugang ilalagay sa mga basket o mga bakol ang mga lumabis na putol ng tinapay. Dalawa ang ibinibigay nitong aral. Walang dapat na masayang. Hindi natin dapat sayangin ang anumang pakikinabangan. Wala tayong dapat kaligtaan o pabayaang anumang bagay na maaaring pakinabangan ng isang taong kinapal. Sikaping tipunin ang lahat ng bagay na makapagpapaginhawa o makalulunas sa pangangailangan ng mg nagugutom sa lupa. At dapat ding magkaroon ng gayunding pagkamaingat sa mga bagay na espirituwal. Nang maipon na sa mga bakol ang mga putul-putol na tinapay, ay naalaala
[521] ng mga tao ang kanilang mga kaibigan sa tahanan. Nais nilang ang mga iyon man ay makakain din ng tinapay na pinagpala ni Kristo. Ang laman ng mga bakol ay ipinamahagi sa sabik na karamihan, at dinala ang mga ito sa lahat ng purok na nakapalibot doon. Kaya ang mga nasa piging din naman ay dapat mamahagi sa iba ng tinapay na nagbubuhat sa langit, upang busugin ang nagugutom na kaluluwa. Dapat nilang ulitin ang natutuhan nilang mga kahanga-hangang bagay ng Diyos. Walang dapat masayang. Isa mang salitang nauukol sa kanilang walang-hanggang ikaliligtas ay hindi dapat mahulog sa lupa at mawalan ng kabuluhan.

Ang kababalaghan tungkol sa mga tinapay ay nagtuturo ng isa pang aral ng pag-asa sa Diyos. Nang pakanin ni Kristo ang limang libo, ang pagkain ay wala sa Kaniyang kamay. Maliwanag na nakikitang wala Siyang mapagkukunan. Narito Siya sa ilang, na kasama ang limang libong mga lalaki, bukod sa mga babae at mga bata. Hindi Niya inanyayahan ang malaking karamihang ito na magsisunod sa Kaniya; nagsiparoon ang mga ito nang hindi inanyayahan o inutusan man; nguni't talastas Niyang pagkaraan ng maluwat na pakikinig sa Kaniyang pagtuturo, ay mangangugutom at manganghihina ang mga ito; sapagka't Siya man naman ay katulad din ang mga ito; sapagaka't Siya man ay katulad din naman nila sa pangangailangan ng pagkain. Malayo sila sa kanikanilang tahanan, at dumaratal na ang gabi. Ang marami sa kanila ay walang salaping maibibili ng pagkain. Siya na alang-alang sa kanila ay nag-ayunong apatnapung araw sa ilang ay hindi makatitiis na pauwiin sila nang di-kumakain. Narito Siya sa talaga ng Diyos; at Siya'y umasa sa Ama Niyang nasa langit na siyang gagawa ng paraan upang matugunan ang pangangailangan ng mga tao.

At pagka tayo'y napapalagay sa mga kagipitan, dapat tayong umasa sa Diyos. Dapat nating gamitin ang ating isip at kuru-kuro sa bawa't gawa ng buhay, upang hindi natin mailagay ang ating mga sarili sa mahirap na katayuan nang dahil sa ating walang-pakundan- [522]
gang mga pagkilos. Huwag tayong susubong kusa sa mga kahirapan, na kinaliligtaan ang paraang inilaan ng Diyos, at di-ginagamit nang wasto ang mga kakayahang ipinagkaloob Niya sa atin. Ang mga manggagawa ni Kristo ay dapat tumalima sa Kaniyang mga turo nang walang-pagaalinlangan. Ang gawain ay sa Diyos, at kung nais nating pagpalain ang mga iba ay dapat sundin ang Kaniyang mga panukala. Ang sarili ay hindi dapat gawing sentro; ang sarili'y hindi dapat patanggapin ng karangalan. Kung tayo'y nagpapanukala nang ayon sa sarili nating mga kuru-kuro, ay pababayaan tayo ng Panginoon sa ating sariling mga pagkakamali. Subali't, kung pagkatapos nating sundin ang Kaniyang mga tagubilin, ay napasuong tayo sa mga kagipitan, ay ililigtas Niya tayo. Hindi tayo dapat padala at padaig sa panlulupaypay, kundi sa bawa't kagipitan natin ay dapat tayong humingi ng tulong sa Kaniya na siyang kinaroroonan ng walang-hanggang mga pantaguyod. Madalas na tayo'y mapaliligiran ng mahihigpit na pangyayari, at kung magkagayon, sa lubos

na pagtitiwala, ay dapat tayong umasa sa Diyos. Iingatan Niya ang bawa't kaluluwang dahil sa pagsisikap na lumakad sa daan ng Panginoon ay napapasuot sa kagipitan.

Sa pamamagitan ng propeta ay inaatasan tayo ni Kristong, "Magbahagi ng iyong tinapay sa gutom," at "iyong sisiyahan ng loob ang nadadalamhating kaluluwa;" "pagka nakakakita ka ng hubad, na iyong bihisan," at "dalhin mo sa iyong bahay ang dukha na walang tuluyan." Isaias 58:7-10. Tinagubilinan Niya tayong, "Magsiyaon kayo sa buong sanlibutan, at inyong ipangaral ang ebanghelyo sa lahat ng kinapal." Marcos 16:15. Datapwa't kaylimit na nanlulumo ang ating puso, at nawawalan tayo ng pananampalataya, kapag ating nakikita ang laki ng pangangailangan, at napakaliit naman ng salaping nasa ating mga kamay. Katulad kay Andres na nakatingin
[523] sa limang tinapay at dalawang maliliit na isda, ay napapabulalas tayo ng, "Gaano na ang mga ito sa ganyang karamihan?" Kaydalas na tayo'y nag-aatubili, di-handang ibigay ang lahat ng nasa atin, at nangangambang gumugol at pagugol sa mga iba. Nguni't tayo'y inaatasan ni Jesus, "Bigyan ninyo sila ng makakain." Ang Kaniyang utos ay isang pangako; at sa likod nito ay naroon ang kapangyarihan ding yaon na nagpakain sa karamihan sa tabi ng dagat.

Sa ginawa ni Kristong pagbibigay ng mga kailangang pangkabuhayan sa nagugutom na karamihan ay nakapaloob doon ang isang malalim na liksiyong espirituwal para sa lahat Niyang mga manggagawa. Si Kristo ay tumanggap sa Ama; namahagi Siya sa mga alagad; ang mga ito naman ay namahagi sa karamihan; at ang mga tao nama'y namahagi sa isa't isa. Kaya ang lahat din naman ng mga nakikiisa at nakikilakip kay Kristo ay tatanggap sa Kaniya ng tinapay ng buhay, ng pagkain ng langit, at ipamamahagi ito sa mga iba.

Sa lubos na pagtitiwala sa Diyos, ay kinuha ni Jesus ang maliliit na tinapay; at bagaman may maliit na bahagi lamang para sa Kahiyang sariling mga alagad, ay hindi Niya inanyayahan silang kumain, kundi pinasimulan Niyang bigyan sila, na inatasan silang bigyan ang mga tao. Ang pagkain ay dumami sa Kaniyang mga kamay; at ang mga kamay naman ng mga alagad, na umaabot kay Kristo, na Siya na ring Tinapay ng Buhay, ay di-kailanman nawalan ng laman. Ang iilang tinapay ay nakasapat sa lahat. At nang mabusog na ang mga tao, ang mga putul-putol na lumabis ay tinipon,

at si Kristo at ang mga alagad Niya ay magkakasalong kumain ng mahalagang pagkaing bigay ng Langit.

Ang mga alagad ay siyang pinakadaan ng pakikipagtalastasan ni Kristo sa mga tao. Ito'y dapat maging isang malaking pampasigla sa mga alagad Niya ngayon. Si Kristo ang dakilang sentro, ang pinagmumulan ng lahat nang lakas. Ang mga alagad Niya ay magsisitanggap sa Kaniya ng kanilang mga gagamitin. Ang pinakamatalino, ang pinakaespirituwal, ay makapagbibigay niyaon lamang [524] kanilang tinatanggap. Sa ganang sarili nila ay wala silang maibibigay na anumang bagay para sa mga pangangailangan ng kaluluwa. Makapagbibigay lamang tayo niyaong ating tinatanggap kay Kristo; at makatatanggap lamang tayo habang tayo'y nagbibigay sa mga iba. Kapag patuloy tayong nagbibigay, patuloy din naman tayong tatanggap; at lalong marami ang ating ibibigay, lalo rin namang marami ang ating tatanggapin. Sa ganitong paraan lagi tayong makapaniniwala, makapagtitiwala, makatatanggap, at makapagbibigay.

Ang gawaing pagtatayo ng kaharian ni Kristo ay magpapatuloy, bagaman sa malas ay mabagal ang pagkilos at waring lahat ng mga bagay ay humahadlang sa pagsulong nito. Ang gawain ay sa Diyos, at Siya'y magbibigay ng salapi, at magpapadala ng mga tutulong, na mga tunay at tapat na alagad, na ang mga kamay rin naman ay mapupuno ng pagkain para sa nagugutom na karamihan. Hindi nililimot ng Diyos yaong mga gumagawang may pag-ibig upang maibigay ang salita ng buhay sa mga kaluluwang napapahamak, na ang mga ito naman ay naguunat ng kanilang mga kamay sa pag-abot ng pagkaing ukol naman sa iba pang nagugutom na mga kaluluwa.

Sa ating paggawa para sa Diyos ay may panganib na tayo'y lubhang umasa sa magagawa ng taong may mga talento at kakayahan. Sa ganitong paraan ay nawawala sa ating paningin ang isang Punong Manggagawa. Napakadalas na hindi nadarama ng manggagawa ni Kristo ang sarili niyang kapanagutan. May panganib na ilipat niya ang kaniyang pasanin o pananangutan sa mga organisasyon, sa halip na magtiwala sa Kaniya na siyang pinanggagalingan ng lahat nang lakas. Sa gawain ng Diyos ay isang malaking pagkakamali ang magtiwala sa karunungan ng tao o sa bilang kaya ng tao. Ang matagumpay na paggawa para kay Kristo ay hindi gasinong nakasalig sa mga bilang o sa talento kundi sa kadalisayan ng [525] hangarin, sa tunay na kapayakan ng maalab at umaasang pananam-

palataya. Ang mga pansariling kapanagutan ay dapat balikatin, ang mga pansariling gawain o tungkulin ay dapat gampanan, at dapat gumawa ng pansariling mga pagsisikap para sa mga hindi pa nakakakilala kay Kristo. Sa halip na ilipat ang inyong kapanagutan sa ibang sa akala ninyo'y may higit na kakayahan kaysa inyo, ay gumawa kayo nang ayon sa inyong kakayahan.

Kapag pumasok sa inyong puso ang katanungang, "Saan tayo magsisibili ng tinapay, upang mangakakain ang mga ito?" ang inyong katugunan sana ay huwag maging gaya ng sa di-sumasampalataya. Nang marinig ng mga alagad ang tagubilin ng Tagapagligtas na, "Bigyan ninyo sila ng makakain," ay nagbangon sa isip nila ang lahat nang katanungan. Nagtanong sila, Paroroon ba tayo sa mga nayon upang bumili ng tinapay? Gayundin naman ang nangyayari ngayon, kapag ang mga tao'y nagsasalat sa tinapay ng buhay, ay nagsisipagtanong ang mga anak ng Panginoon, Magpapautos ba tayo ng sinumang buhat sa malayo, upang pumarito at pakanin sila? Nguni't ano ang sinabi ni Kristo? "Inyong paupuin ang mga tao," at Kaniyang pinakain sila doon. Kaya nga pagka kayo'y napaliligiran ng mga kaluluwang nangangailangan, alamin ninyong naroroon si Kristo. Makipag-usap kayo sa Kaniya. Dalhin ninyo kay Jesus ang inyong mga tinapay na sebada.

Ang salaping inyong hawak ay maaaring tila mandin hindi sapat para sa gawain; nguni't kung tayo'y magpapatuloy na may pananampalataya, na nananalig sa buong magagawa ng kapangyarihan ng Diyos, ay mabubuksan sa harap natin ang masaganang kayamanan. Kung ang gawain ay sa Diyos, Siya na rin ang maglalaan ng salapi sa ikatatapos nito. Gagantimpalaan Niya ang tapat at payak na pananalig sa Kaniya. Ang kaunti nguni't maykatalinuhan at may katipirang ginamit sa paglilingkod sa Panginoon ng langit ay dadami
[526] sa paggawa na rin ng gawaing pagbibigay. Ang kaunting pagkaing nasa kamay ni Kristo ay nanatiling di-naubos hanggang sa mabusog ang gutom na karamihan. Kung tayo'y lalapit sa Pinagmumulan ng lahat nang kalakasan, na ang ating mga kamay ay may pananampalatayang nakaunat upang tumanggap, ay masasapatan tayo sa ating gawain, kahit sa ilalim man ng kagipit-gipitang mga pangyayari, at magagawa nating mamigay sa mga iba ng tinapay ng buhay.

Sinabi ng Panginoon, "Magbigay kayo, at kayo'y bibigyan." "Ang naghahasik nang bahagya na ay mag-aani namang bahagya

na; at ang naghahasik na may mga pagpapala ay mag-aani namang may mga pagpapala. ... At maaaring gawin ng Diyos na ang lahat ng biyaya ay magsisagana sa inyo; upang kayo, na mayroong laging buong kaya sa lahat, ay magsisagana sa bawa't mabuting gawa: gaya ng nasusulat—

> "Siyang nagsabog nang malawak, ay nagbigay siya sa mga dukha: Ang kaniyang katwiran ay nananatili magpakailanman."

"At ang nagbibigay ng binhi sa naghahasik at ng tinapay na pinakapagkain, ay magbibigay at magpaparami ng inyong binhi upang ihasik, at magdaragdag ng mga bunga ng inyong katwiran: yamang kayo'y pinayaman sa lahat ng mga bagay na ukol sa lahat ng kagandahangloob, na nagsisigawa sa pamamagitan naman ng pagpa pasalamat sa Diyos." Lukas 6:38; 2 Corinto 9: 6-11, R.V. [527]

## Kabanata 40—Isang Gabi sa Dagat

Ang kabanatang ito ay batay sa Mateo 14:22-33; Marcos 6:45-52; Juan 6:14-21.

Isang takipsilim ng panahon ng tagsibol, ay lupasay na nangakaupo ang mga tao sa madamong kapatagan, at nangagsisikain ng pagkaing inihanda ni Kristo. Ang mga salitang napakinggan nila nang araw na yaon ay dumating sa kanila na parang tinig ng Diyos. Ang mga pagpapagaling na kanilang nasaksihan ay nadama nilang kapangyarihan lamang ng Diyos ang makagagawa. Datapwa't ang hiwaga tungkol sa mga tinapay ay nakaakit ng higit sa lahat sa bawa't isang nasa malaking karamihang yaon. Lahat sila ay nakinabang. Noong mga kaarawan ni Moises, ay Diyos ang nagpakain sa Israel ng mana sa ilang; at sino pa kaya itong nagpakain sa kanila nang araw na yaon kundi Siya na hinulaan ni Moises? Walang kapangyarihan ng taong makalilikha mula sa limang tinapay na sebada at dalawang maliliit na isda ng pagkaing sapat na maipakain sa libu-libong mga gutom na tao. At kaya nga sinabi nila sa isa't-isa, "Totoong ito nga ang Propeta na paririto sa sanlibutan."

Sa buong maghapon ay tumibay ang paniniwalang iyan. Ang pinakapamutong na ginawang iyon ay isang katiyakan na dumating na sa kanila ang maluwat-nang-inaasahang Manunubos. Pataas nang pataas ang mga pagasa ng mga tao. Ito nga Yaong siyang
[528] gagawa sa Judea na maging isang paraiso sa lupa, isang Iupaing binubukalan ng gatas at pulot. Maibibigay Niya ang hangad ng bawa't isa. Malulupig Niya ang kapangyarihan ng kinapopootang mga Romano. Mahahango Niya ang Juda at ang Jerusalem. Mapagagaling Niya ang mga kawal na nasugatan sa labanan. Mapapakain Niya ang buong mga hukbo. Malulupig Niya ang mga bansa, at maibibigay sa Israel ang maluwat-nang inaasam na paghahari.

Sa kanilang kasiglahan ay handa na ang mga taong putungan Siya ng korona upang gawing hari. Nakikita nilang hindi Siya gumagawa ng pagsisikap na makaakit ng pansin o kaya'y makapagtamo

ng karangalan sa sarili. Sa bagay na ito ay naiiba Siya sa mga saserdote at mga pinuno, at sila'y nag-aalaalang baka hindi na Siya kailanman gumawa ng pag-angkin sa karapatan Niya sa luklukan ni David. Sa kanilang sama-samang pagsasanggunian, ay pinagkasunduan nilang Siya'y agawin sa pamamagitan ng dahas, at Siya'y itanyag na hari ng Israel. Nakiisa ang mga alagad sa karamihan sa pagsasabing ang trono ni David ay siyang talagang mana ng kanilang Panginoon. Kahinhinan lamang ni Kristo, wika nila, ang dahilan kung kaya tinatanggihan Niya ang gayong karangalan. Bayaang ipagbunyi ng mga tao ang kanilang Tagapagligtas. Bayaang ang mayayabang na saserdote at mga pinuno ay mapilitang parangalan Siya na pumaparitong nararamtan ng kapangyarihan ng Diyos.

Buong kasabikan nilang inayos na isagawa ang kanilang panukala; nguni't nahalata ni Jesus ang kanilang binabalak, at nalalaman Niya kung ano ang ibubunga ng gayong kilusan, na siyang hindi naman nila nalalaman. Ngayon pa man ay pinagmimithian na ng mga saserdote at mga pinuno ang Kaniyang buhay. Pinararatangah nila Siya na inilalayo Niya ang mga tao sa kanila. Karahasan at paghihimagsik ang ibubunga ng pagsisikap na ilagay Siya sa trono, at ito ang makapipigil sa gawain ng espirituwal na kaharian. Kailangang pigilin agad ang kilusan. Tinawag Niya ang Kaniyang mga [529]
alagad, at inatasan silang sumakay sa daong at bumalik karaka-raka sa Capernaum, at Siya nama'y naiwan upang pauwiin ang ang mga tao.

Di-kailanman nag-utos si Kristo nang una ng wari'y napakahirap tupdin. Matagal nang hinihintay ng mga alagad ang isang kilusang pambayan na maglalagay kay Jesus sa trono; hindi nila kayang isipin kung bakit ang lahat ng kasiglahang ito ay mauuwi sa wala. Ang mga karamihang nangagkakatipon upang dumalo sa Paskuwa ay nangasasabik na makita ang bagong propeta. Sa ganang mga sumusunod sa Kaniya ay waring ito ang ginintuang pagkakataon upang mailuklok ang minamahal nilang Panginoon sa trono ng Israel. Sa kislap ng ganitong bagong hangarin ay mahirap sa ganang kanila na umalis, at iwan si Jesus nang nag-iisa sa mapanglaw na dalampasigang yaon. Sila'y tumutol sa iniaatas sa kanila; subali't ngayo'y nagsalita si Jesus na taglay ang isang kapangyarihang di-kailanman Niya ginamit sa kanila nang una. Talastas nilang mawawalan ng

kabuluhan ang sila'y tumutol pa, kaya tahimik na nilang tinumpa ang dagat.

Inatasan ngayon ni Jesus ang karamihan na magsialis na; at ang anyo Niya ng pag-uutos ay lubhang mahigpit at tiyak na anupa't hindi sila nakapangahas na sumuway. Napatigil ang mga awit ng pagpuri at pagbubunyi. Sa sandali mismong aagawin na nila Siya ay nangaudlot ang kanilang mga paghakbang, at ang kagalakan at kasabikang nakabadha sa kanilang mga mukha ay napawi. Sa karamihang iyon ay may mga lalaking matitibay ang loob at matatag magsipagpasiya; nguni't ang makaharing tindig o anyo ni Jesus, at ang ilang banayad Niyang pangungusap na nag-uutos, ay pumayapa sa kaguluhan, at bumigo sa kanilang mga panukala. Napagkilala nilang mayroon Siyang kapangyarihang nakahihigit sa lahat ng ka-
[530] pangyarihan sa lupa, at kaya nga tungo ang ulong sila'y sumunod.

Nang si Jesus ay nag-iisa na, Siya'y "umakyat sa bundok upang manalangin." Sa loob ng maraming oras ay nagpatuloy Siya sa parnamanhik sa Diyos. Hindi para sa Kaniya kundi para sa mga tao ang mga panalanging iyon. Sa dalangin ay hiningi Niyang bigyan Siya ng kapangyarihan na maihayag sa mga tao ang banal na likas o uri ng Kaniyang misyon, upang hindi mabulag ni Satanas ang kanilang pang-unawa at mapasama ang kanilang paghatol. Talos ng Tagapagligtas na malapit nang matapos ang mga araw ng Kaniyang ministeryo sa lupa, at iilan lamang ang tatanggap sa Kaniya bilang kanilang Manunubos. Buong paghihirap ng loob na idinalangin Niya ang Kaniyang mga alagad. Buong bangis na sila'y susubukin. Ang malaon na nilang kimkim-kimkim na pagasa, na nakasalig sa malaganap na maling haka-haka, ay mabibigo sa paraang pinakamasakit at kadusta-dusta. Sa lugar ng Kaniyang pagluklok sa trono ni David ay masasaksihan nila ang pagpapako sa Kaniya sa krus. Ito ang magiging tunay na pagpuputong sa kaniya. Nguni't ito'y hindi nila napag-unawa, at dahil nga rito'y darating sa kanila ang malalakas na tukso, na magiging mahirap para sa kanila na makilalang iyon ay mga tukso. Kung walang Banal na Espiritung tatanglaw sa isip at magpapalawak ng pang-unawa ay mabibigo ang pananampalataya ng mga alagad. Masaklap isipin sa ganang kay Jesus na ang kanilang mga pagkaunawa tungkol sa Kaniyang kaharian, ay nabubuo sa karangyaan at karangalang pansanlibutan. Ang Kaniyang pagaalaala sa kanila ay totoong matindi, at kaya nga ibinuhos Niya

ang laman ng Kaniyang puso nang may matinding paghihinagpis at pagluha.

Hindi kaagad tumulak ang mga daong ng mga alagad, ayon sa iniutos sa kanila ni Jesus. Nagpaumat-umat muna sila, sa pag-asang darating Siya. Nguni't nang makita nilang lumalaganap na ang dilim, sila'y "sumakay sa isang daong, at tumawid na patungong Capernaum." Iniwan nila si Jesus na mabigat ang kanilang puso, at [531]
higit na masama ang loob nila sa Kaniya kaysa noong bago nila Siya kilalaning Panginoon. Nagbubulong sila dahil sa hindi Niya sila tinulutang Siya'y maibunying hari. At sarili din nila ang kanilang sinisi sa pagsunod kaagad sa Kaniyang utos. Sinabi nilang kung sila lamang ay naging mapilit, kaipala'y naisagawa nila ang kanilang panukala.

Di-paniniwala ang naghahari sa kanilang mga isip at puso. Binulag sila ng pag-ibig sa karangalan. Alam nilang si Jesus ay kinamumuhian ng mga Pariseo, at kinasasabikan nilang makita Siya na ipinagbubunyi gaya ng iniisip nilang dapat sanang mangyari. Ang makasama ng isang gurong nakagagawa ng makapangyarihang mga kababalaghan, at gayunma'y kinukutyang gaya ng mga magdaraya, ay isang pagsubok na hindi nila kayang tiisin. Lagi na lamang ba silang ituturing na mga tagasunod ng isang bulaang propeta? Hindi na kaya ipakikilala ni Kristo ang Kaniyang kapangyarihan bilang hari? At yamang mayroon Siyang gayong kapangyarihan ay bakit nga hindi Niya ipinakilala ang tunay Niyang likas, at nang hindi naman sila mangapahiya? Bakit hindi Niya iniligtas si Juan Bautista sa isang marahas na pagkamatay? Ganyan ang mga pangangatwiran ng mga alagad noon hanggang sa sila'y malukuban ng malaking kadilimang espirituwal. Si Kristo kaya ay isang mapagpanggap, gaya ng sinasabi ng mga Pariseo? tanung-tanungan nila.

Nang araw na yaon ay nasaksihan ng mga alagad ang mga kahanga-hangang gawa ni Kristo. Para bagang ang langit ay nanaog sa lupa. Ang alaala ng mahalaga at marilag na araw na yaon ay dapat sanang lumipos sa kanila ng pananampalataya at pag-asa. Kung sila lamang, sa pag-uumapaw ng kanilang mga puso, ay nagsipag-usap tungkol sa mga bagay na ito, disin sana'y hindi sila nahulog sa tukso. Nguni't ang kanilang pagkabigo ang pumuno sa kanilang mga isip. Hindi nila dininig ang mga salita ni Kristong, "Tipunin ninyo ang mga labis, ... upang walang masayang." Sa mga alagad ay mga oras [532]

iyon ng malaking pagpapala, nguni't nalimutan nila ang lahat. Nasa gitna sila ngayon ng mga bagabag. Ang mga isip nila ay binabagyo at di-makatwiran, at binigyan sila ng Panginoon ng ibang bagay na magpapahirap sa kanilang mga kaluluwa at aabala sa kanilang mga isip. Madalas na ito'y ginagawa ng Diyos pagka lumilikha ang mga tao ng sarili nilang mga pasanin at mga bagabag. Hindi na kailangang gumawa ang mga alagad ng kabagabagan. Matulin nang dumarating ang panganib.

Isang marahas na unos ang namiminto sa kanila, at sila'y mga di-handa. Iyon ay isang biglang-biglang pagiiba ng panahon, sapagka't sa maghapong nakaraan ay maliwanag at maganda ang lagay ng panahon; at kaya nga nang bumugso sa kanila ang malakas na hangin, sila'y nangatakot. Nalimutan nila ang kanilang di-kasiyahan, ang kanilang di-paniniwala, at ang kanilang pagkayamot. Bawa't isa ay gumawa upang huwag lumubog ang sasakyan. Buhat sa Bethsaida ay malapit lamang ang dakong doon nila tatagpuin si Jesus, at sa karaniwang lagay ng panahon ay inaabot ng ilang orass lamang ang paglalakbay; nguni't ngayo'y napapalayo sila nang napapalayo sa dakong pagtatagpuan nila. Hanggang sa magiikaapat na pagbabanlay sa gabi ay walang-humpay ang kanilang kagagaod. Pagkatapos, inakala ng mga pagod na pagod na mga alagad na wala na silang magagawa. Ang bagyo at kadiliman ng dagat ay nagturo sa kanilang sila'y mga walang-kaya, at hinangad nilang sana'y kasama nila ang kanilang Panginoon.

Hindi sila kinalimutan ni Jesus. Nakita ng Nagbabantay sa pampang ang piyapis-ng-takot na mga lalaking nakikipaglaban sa bagyo. Ni isang saglit ay hindi nawala sa Kaniyang paningin ang Kaniyang mga alagad. Taglay ang malaking pagmamahal na sinundan ng Kaniyang mga mata ang daong na sinisiklot ng bagyo na may ma-
[533] hahalagang lulan; sapagka't ang mga lalaking lulan nito ay siyang magiging ilaw ng sanlibutan. Kung paanong ang isang inang may mairog na pagmamahal ay nagbabantay sa kaniyang sanggol, gayon binabantayan ng mahabaging Panginoon ang Kaniyang mga alagad. Nang sumuko na ang kanilang mga puso, nang mapatahimik na ang kanilang di-banal na hangarin, at nang sa kapakumbabaan ay manalangin sila upang sila'y tulungan, ang tulong na ito ay ipinagkaloob sa kanila.

Nang sandaling inaakala nilang sila'y napahamak na, isang tilamsik ng liwanag ang naghayag sa kanila ng isang mahiwagang aninong lumalapit sa kanila sa ibabaw ng tubig. Nguni't hindi nila alam na iyon ay si Jesus. Ang Isang dumarating upang sumaklolo sa kanila ay itinuring nilang isang kaaway. Dinaig sila ng takot. Ang mga kamay nilang parang bakal na nakahawak sa mga gaod ay nakabitiw. Ang daong ay gumiwang-giwang sa hampas ng mga alon; ang lahat ng mga paningin ay napabaling sa anyong ito ng isang taong lumalakad sa ibabaw ng nagngangalit na karagatan.

Ipinalalagay nilang ito'y isang multo na nagpapahiwatig ng kanilang kapahamakan, at sila'y nagsisigaw sa takot. Si Jesus ay nagpatuloy sa paglakad na parang lalampas sa kanila; nguni't nakilala nila Siya, at sila'y sumigaw, at humingi ng saklolo. Pumihit ang kanilang mahal na Guro, at ang tinig Niya'y pumawi ng kanilang takot, "Lakasan ninyo ang inyong loob: Ako nga; huwag kayong matakot."

Karaka-rakang makilala nila ito, walang pagsidlan sa tuwa si Pedro. At para bagang hindi pa siya naniniwala, siya'y sumigaw, "Panginoon, kung Ikaw nga, ay papariyanin Mo ako sa tubig. At sinabi Niya, Halika."

Nakatingin kay Jesus, si Pedro ay lumakad nang panatag; nguni't nang sa kaniyang kasiyahan ay sulyapan niya ang kaniyang mga kasamang nasa daong, ang kaniyang mga mata ay nahiwalay sa pagkakatuon sa Tagapagligtas. Maugong ang hangin. Nagtataasan
ang mga alon, at ang mga ito ay dumarating na tuwirang lumala- [534]
gay sa pagitan niya at ng Panginoon; at siya ay natakot. Sandaling [535]
nawala sa kaniyang paningin si Kristo, at gumuho ang kaniyang pananampalataya. Unti-unti siyang lumubog. Datapwa't samantalang ang mga alon ay nagsasalita ng kamatayan, itiningin ni Pedro ang kaniyang mga mata nang palihis sa nagngangalit na mga alon, at nang maipako ang mga ito kay Jesus, ay siya'y sumigaw, "Panginoon, iligtas Mo ako." Karaka-rakang hinawakan ni Jesus ang nakaunat na kamay, na sinasabi, "Oh, ikaw na kakaunti ang pananampalataya, bakit ka nag-alinlangan?"

Magkaagapay na sila'y lumakad, na ang palad ni Pedro ay kadaop ng palad ng Panginoon, at sila'y lumulan sa daong. Nguni't si Pedro'y tahimik na ngayon. Wala na siyang dahilan upang magmalaki pa sa kaniyang mga kasamahan, sapagka't dahil sa kaniyang

kawalang-pananampalataya at pagyayabang ay kamuntik na siyang napahamak. Nang alisin niya ang kaniyang tingin kay Jesus, ay nawala ang kaniyang tinatapakan, at siya'y lumubog sa gitna ng mga alon.

Pagka dumarating sa atin ang kabagabagan, napakadalas na katulad tayo ni Pedro! Tinitingnan natin ang mga alon, sa halip na ipako ang ating paningin sa Tagapagligtas. Dumudulas ang ating mga hakbang, at tinatabunan ng palalong tubig ang ating mga kaluluwa. Hindi pinalapit ni Jesus si Pedro upang mapahamak; hindi Niya tayo tinatawagan na sumunod sa Kaniya, upang pagkatapos ay pabayaan tayo. "Ikaw ay huwag matakot," sinasabi Niya; "sapagka't tinubos kita, tinawag kita sa iyong pangalan; ikaw ay Akin. Pagka ikaw ay dumaraan sa tubig, Ako'y sasaiyo; at sa mga ilog, ay hindi ka tatakpan niyaon: pagka ikaw ay lumalakad sa apoy, hindi ka masusunog; o magniningas man ang alab sa iyo. Sapagka't Ako ang Panginoon mong Diyos, ang Banal ng Israel, ang Tagapagligtas mo."
[536] Isaias

Nabasa ni Jesus ang likas ng Kaniyang mga alagad. Talos Niya kung gaano kahigpit susubukin ang kanilang pananampalataya. Sa nangyaring ito sa dagat ay nais Niyang ipakita kay Pedro ang sarili nitong kahinaan—ipakilala na ang kaligtasan nito ay nasa laging pagtitiwala sa kapangyarihan ng Diyos. Sa gitna ng mga bagyo ng tukso ay makalalakad lamang siya ng panatag kung siya ay mananalig sa Tagapagligtas at hindi sa kaniyang sarili. Doon sa bagay na inaakala niyang siya ay malakas ay doon mahina si Pedro; at nang makilala na lamang niya ang kaniyang kahinaan saka niya nadama na kailangan niyang umasa at magtiwala kay Kristo. Kung natutuhan lamang niya ang aral na ibig ituro ni Jeus sa kaniya sa karanasang yaon sa dagat, disin sana'y hindi siya nabigo o nagkulang nang dumating na sa kaniya ang malaking pagsubok.

Araw-araw ay tinuturuan ng Diyos ang Kaniyang mga anak. Sa pamamagitan ng mga nangyayari sa buhay arawaraw ay inihahanda Niya sila sa pagganap ng kani-kanilang bahagi sa lalong malawak na tanghalan ng buhay na itinakda Niya sa kanila. Ang ibinubunga ng pagsubok sa araw-araw ay siyang nagpapakilala o tumitiyak ng kanilang pagtatagumpay o pagkatalo sa malaking krisis ng buhay.

Yaong mga ayaw kumilalang kailangan nilang laging umasa sa Diyos ay madadaig ng tukso. Maaaring ipinalalagay natin ngayon

na tayo'y nakatayong matatag, at hindi na tayo makikilos. Maaaring sinasabi natin nang may pagtitiwala, Nakikilala ko ang aking sinasampalatayanan; walang makaliligalig ng aking pananampalataya sa Diyos at sa Kaniyang salita. Subali't binabalak ni Satanas na samantalahin ang ating mahihinang likas na minana at nalinang, at binabalak din niyang bulagin ang ating mga mata upang huwag nating makita ang sarili nating mga pangangailangan at mga kapintasan. Sa pamamagitan lamang ng ating pagkadama ng sarili nating [537]
kahinaan at ng laging pagtingin kay Jesus magagawa nating lumakad nang panatag.

Karaka-rakang makatuntong si Jesus sa daong ay tumigil na ang hangin, "at noon din ay dumating sila sa kanilang dadaungan." Ang gabi ng lagim ay sinundan ng pamamanaag ng bukang-liwayway. Ang mga alagad, at ang iba pang nasa daong, ay nagsiluhod sa paanan ni Jesus na taglay ang taos-pusong pasasalamat, na nagsasabi, "Sa katotohanan, Ikaw ay Anak ng Diyos!" [538]

# Kabanata 41—Ang Krisis sa Galilea

Ang kabanatang ito ay batay sa Juan 6:22-71.

Nang pagbawalan ni Kristo ang mga tao na itanyag Siyang hari, batid Niyang dumating na ang makahulugang pagbabago sa Kaniyang kasaysayan. Ang mga karamihang naghahangad na ibunyi Siya ngayon sa trono ay tatalikod sa Kaniya sa kinabukasan. Ang pagkabigo ng kanilang masakim na hangarin ay siyang gagawa upang ang kanilang pag-ibig ay maging pagkapoot, at ang kanilang mga papuri ay maging mga sumpa. Nguni't bagaman alam Niya ito, hindi rin Siya gumawa ng mga hakbang upang maiwasan ang krisis. Sa simula pa ay hindi na Niya pinaasa ang mga sumusunod sa Kaniya sa mga gantimpalang makalupa. Sa isang lumapit na nagnanasang maging alagad Niya ay Kaniyang sinabi, "May mga lungga ang mga sora, at may mga pugad ang mga ibon sa langit; datapwa't ang Anak ng tao ay walang kahiligan ang Kaniyang ulo." Mateo 8:20. Kung makakamtan ng mga tao ang sanlibutan na kasama si Kristo, lubhang marami ang susunod sa Kaniya; subali't ang gayong paglilingkod ay hindi Niya matatanggap. Sa mga kasama na Niya ngayon ay marami ang naakit ng pag-asa sa kahariang makasanlibutan. Dapat malinawan ng mga ito ang katotohanan. Ang malalim na aral ukol
[539] sa espiritu sa himala tungkol sa mga tinapay ay hindi napag-unawa. Ito'y kailangang ipaliwanag. At ang bagong paghahayag na ito ay maghahatid ng lalong mahigpit na pagsubok.

Ang himala tungkol sa mga tinapay ay nabalita sa malayo at sa malapit, at kaya nga maagang-maaga pa kinabukasan ay nagdagsaan na ang mga tao sa Bethsaida upang makita si Jesus. Malalaking bilang sila na nagsidating na lulan ng mga daong at ang iba nama'y nangaglalakad. Yaong mga nagsialis nang sinundang gabi ay nagsipagbalik, na nagsisiasang Siya'y naroroon pa rin; dahil sa wala namang daong na magtatawid sa Kaniya sa kabilang ibayo. Datapwa't nawalang-saysay ang kanilang paghahanap, at marami ang nagsipagbalik sa Capernaum, na nagsisipaghanap pa rin sa Kaniya.

Samantala'y dumating Siya sa Genesaret, pagkaraan ng isang araw na pagkawala roon. Pagkabalitang-pagkabalita na Siya'y dumaong doon, nilibot ng mga tao na "nagtutumulin ang buong lupaing yaon, at nagpasimulang dalhin sa Kaniya ang mga maysakit na nasa kanilang higaan, saanman nila marinig na naroon Siya." Marcos 6:55.

Pagkaraan ng ilang sandali ay nagtungo Siya sa sinagoga, at doon Siya natagpuan ng mga nanggaling sa Bethsaida. Napag-alaman nila sa Kaniyang mga alagad kung paano Siya tumawid sa dagat. Ang bangis ng bagyo, at ang maraming oras ng walang-saysay na paggaod na pasalunga sa hangin, ang paglitaw ni Kristo na lumalakad sa ibabaw ng tubig, ang pagkatakot ng mga nasa daong, ang mga salita Niyang pumapayapa at nagpapalakas ng loob, ang pangangahas ni Pedro na lumakad sa tubig at ang nangyari rito, at ang biglang pananahimik ng bagyo at ang pagsadsad sa pampang ng daong, ay buong tapat na inilahad na muli sa namamanghang karamihan. Nguni't waring hindi pa nasisiyahan sa balitang ito, marami ang nagkatipon sa palibot ni Jesus, na nagtatanong, "Rabi, kailan Ka pa dumating dito?" Ibig nilang marinig sa sarili Niyang mga labi ang dagdag na pagsasalaysay tungkol sa nangyaring kababalaghan. [540]

Hindi pinaunlakan ni Jesus ang kanilang pag-uusisa. Malungkot Siyang nagwika, "Ako'y inyong hinahanap, hindi dahil sa inyong nangakitang mga tanda, kundi dahil sa kayo'y nagsikain ng tinapay, at kayo'y nangabusog." Hindi nila Siya hinanap dahil sa anumang marangal na hangarin o adhikain; kundi dahil sa sila'y pinakain ng mga tinapay, ay inasahan nilang makikinabang pa sila ng ibang mga bagay sa pamamagitan ng pakikisama nila sa Kaniya. Kaya sinabi sa kanila ng Tagapagligtas, "Magsigawa kayo hindi dahil sa pagkaing napapanis, kundi dahil sa pagkaing tumatagal sa buhay na walang-hanggan." Huwg ninyong hanapin lamang ang kapakinabangang materyal. Huwag ninyong unang sisikapin ang maglaan o maghanda ng ukol sa buhay na ito, kundi hanapin ninyo ang pagkaing espirituwal, samakatwid baga'y yaong karunungang tumatagal hanggang sa buhay na walang-hanggan. Ang Anak ng Diyos lamang ang makapagbibigay nito; "sapagka't Siya ang tinatakan ng Ama."

Sandaling nagising ang interes ng mga nakikinig. Nangapabulalas sila, "Ano ang kinakailangan naming gawin, upang aming magawa ang mga gawa ng Diyos?" Gumagawa sila ng marami at

mabibigat na gawain upang magpagindapat sa kanila sa Diyos; at handa pa rin silang makinig at tumanggap ng anumang nababagong bilin o utos na sa pamamagitan niyon ay makatatanggap sila ng lalo pang malaking pagpapala. Ang ibig sabihin ng kanilang tanong ay, Ano ang kinakailangan naming gawin upang magindapat kami sa langit? Ano ang halagang kailangan naming ibayad upang makamtan namin ang buhay na darating?

"Sumagot si Jesus at sa kanila'y sinabi, Ito ang gawa ng Diyos, na inyong sampalatayanan Yaong Kaniyang sinugo." Ang halaga ng langit ay si Jesus. Ang daang patungo sa langit ay sa pamamagitan ng pagsampalataya sa "Kordero ng Diyos, na nag-aalis ng kasalanan
[541] ng sanlibutan." Juan 1:29.

Datapwa't hindi minarapat ng mga taong tanggapin ang pahayag na ito ng banal na katotohanan. Ginawa ni Jesus ang gawaing paunang-sinabi ng hula na gagawin ng Mesiyas; nguni't hindi nila nakita ang inaasam-asam nilang makikita na Kaniyang gagawin. Totoo ngang pinakain ni Kristo ang karamihang tao sa pamamagitan ng ilang tinapay na sebada; nguni't nang mga kaarawan ni Moises ay pinakain ng mana ang Israel sa loob ng apatnapung taon, at kaya nga lalong maraming pagpapala ang inaasahan sa Mesiyas. Itinanong ng mga puso nilang dinasisiyahan na, kung nakagagawa si Jesus ng lubhang maraming mga kababalaghang gawa gaya nang kanilang nasaksihan, hindi ba Siya makapagbibigay ng kalusugan, kalakasan, at ng mga kayamanan sa lahat Niyang mga tao, na palayain sila sa mga sumisilo o umaapi sa kanila, at tuloy iluklok sila sa kapangyarihan at karangalan? Ang pangyayaring inaangkin Niyang Siya ay Anak ng Diyos, at gayon pa ma'y tumatanggi Siyang maging hari ng Israel, ay isang hiwagang hindi nila malurok-lurok. Ang Kaniyang pagtanggi ay binigyan nila ng malingpakahulugan. Marami ang nag-akala na ang dahilan nito ay sapagka't Siya na rin ay nag-aalinlangang Siya'y isinugo ng Diyos sa ganitong banal na gawain. Sa ganitong paraan ay binuksan nila ang kanilang mga puso sa pagpasok ng alinlangan o di-paniniwala, at ang binhing ipinunla ni Satanas ay nagbunga ng di-pagkaunawa at ng pagtalikod.

Ngayon, may halong panlilibak, na nagtanong ang isang rabi, "Ano nga ang Iyong ginagawa na pinakatanda, upang aming makita, at sampalatayanan Ka namin? ano ang ginagawa Mo? Nagsikain

ang aming mga magulang ng mana sa ilang; gaya ng nasusulat, Tinapay na galing sa langit ang sa kanila'y Kaniyang ipinakain."

Dinakila ng mga Hudyo si Moises bilang siyang nagbigay ng mana, na inukulan ng papuri ang ginamit na kasangkapan ng Diyos, nguni't hindi pinansin Siya na sa pamamagitan Niya nagampanan [542]
ang gawain. Bumulong-bulong laban kay Moises ang kanilang mga magulang, at pinag-alinlanganan at tinanggihan ang misyon ng Diyos na ibinigay sa pamamagitan ni Moises. Ngayon sa gayunding diwa tinanggihan ng mga anak ang Isa na naghatid ng pabalita ng Diyos sa kanila. "Sinabi nga sa kanila ni Jesus, Katotohanan, katotohanang sinasabi Ko sa inyo, Hindi si Moises ang nagbigay sa inyo ng tinapay na galing sa langit." Ang nagbigay ng mana ay nakatayo sa gitna nila. Si Kristo mismo ang umakay sa mga Hudyo sa ilang, at nagpakain sa kanila arawaraw ng tinapay na mula sa langit. Ang pagkaing iyon ay kauri ng tunay na tinapay na mula sa langit. Ang nagbibigay-buhay na Espiritu, na dumadaloy mula sa walang-hanggang kapuspusan ng Diyos, ay siyang tunay na mana. Sinabi ni Jesus, "Ang Tinapay ng Diyos ay yaong bumababang mula sa langit, at nagbibigay buhay sa sanlibutan." Juan 6:33.

Inaakala pa ring ang sinasabi ni Jesus ay ang tinapay na ukol sa buhay na ito, ay sumigaw ang iba sa mga nakikinig, "Panginoon, bigyan Mo kaming palagi ng tinapay na ito." Nang magkagayo'y malinaw na sinabi ni Jesus: "Ako ang Tinapay ng Kabuhayan."

Ang pangungusap na ginamit ni Kristo ay karaniwan na sa mga Hudyo. Sa pagkakasi ng Espiritu Santo, ay sinabi ni Moises, "Hindi lamang sa tinapay nabubuhay ang tao, kundi sa bawa't salitang lumalabas sa bibig ng Panginoon." At isinulat naman ni propeta Jeremias, "Ang Iyong mga salita ay nangasumpungan, at aking kinain; at ang Iyong mga salita sa ganang akin ay katuwaan at kagalakan sa aking puso." Deuteronomio 8:3; Jeremias 15:16. Ang mga rabi na rin ay may kasabihan, na ang pagkain ng tinapay, sa kahulugang espirituwal nito, ay ang pag-aaral ng kautusan at ang paggawa ng mabubuting gawa; at naging palasak na kasabihan na sa pagdating ng Mesiyas ay pakakanin ang buong Israel. Ang turo [543]
ng mga propeta ay nagpapaliwanag ng malalim na liksiyong espirituwal sa himalang tungkol sa mga tinapay. Ang liksiyon o aral na ito ay siyang sinisikap ni Kristong buksan sa pang-unawa ng mga nakikinig sa Kaniya sa sinagoga. Kung napag-unawa lamang nila

ang mga Kasulatan, sana'y naunawaan nila ang Kaniyang mga salita nang Kaniyang sabihing, "AKO ang Tinapay ng Kabuhayan." Nitong sinundang araw lamang, ang malaking karamihang pagal at lupaypay, ay pinakain ng tinapay na Kaniyang ibinigay. Kung paanong sa tinapay na yaon ay tumanggap sila ng kalakasan at kasiglahan ng pangangatawan, gayundin naman kay Kristo ay makatatanggap sila ng espirituwal na kalakasang hanggang sa buhay na walang-hanggan. "Ang lumalapit sa Akin," wika Niya "ay hindi magugutom; at ang sumasampalataya sa Akin ay kailanma'y hindi mauuhaw." Nguni't idinugtong din naman Niya, "Nakita ninyo ako, at gayunma'y hindi kayo nagsisampalataya."

Nakita nila si Kristo na sinaksihan sa kanila ng Espiritu Santo, at inihayag ng Diyos sa kanilang mga kaluluwa. Ang mga buhay na katunayan ng Kaniyang kapangyarihan ay napalantad sa harap nila araw-araw, nguni't humihingi pa sila ng isa pang tanda. Kung ito'y ibinigay sa kanila, mananatili pa rin silang di-naniniwala na gaya nang una. Kung hindi sila nagsipaniwala sa mga bagay na kanilang nakita at narinig, ay wala ring kabuluhang magpakita pa sa kanila ng lalong mga kababalaghang gawa. Ang di-paniniwala ay laging makakasumpong ng dahilan upang mag-alinlangan, at mangangatwiran upang mapawalang-saysay ang pinakamatibay na katunayan.

Muling nakiusap si Kristo sa mga matitigas ang pusong ito. "Ang lumalapit sa Akin sa anumang paraan ay hindi Ko itataboy." Lahat ng tumatanggap sa Kaniya sa pananampalataya, wika Niya, ay magkakaroon ng buhay na walang-hanggan. Walang isa mang mawawaglit. Hindi na kailangang magtalo pa ang mga Pariseo
[544] at mga Saduceo tungkol sa kabilang buhay. Hindi na kailangang managhoy ang tao ng walang-pag-asang panaghoy sa kanilang mga yumao. "Ito ang kalooban Niyaong nagsugo sa Akin, na ang bawa't nakakakita sa Anak, at sa Kaniya'y sumampalataya, ay magkaroon ng buhay na walang-hanggan: at Aking siyang ibabangon sa huling araw."

Datapwa't nagalit ang mga pinuno ng bayan, "at kanilang sinabi, Hindi baga ito si Jesus, ang anak ni Jose, na nakikilala natin ang Kaniyang ama at ina? Paano ngang sinasabi Niya, Ako'y bumabang galing sa langit?" Sinikap nilang lumikha ng di-mabuting damdamin at dimabuting pagkakilala sa pamamagitan ng palibak

na pagtukoy sa hamak at abang pinagmulan ni Jesus. Dinusta nila ang Kaniyang buhay sa Kaniyang pagiging isang manggagawang Galileo, at ang Kaniyang pamilyang pinagbuhatan sa pagiging maralita at aba. Ang mga inaangkin ng di-nag-aral na anluwaging ito, sabi nila, ay di-karapat-dapat pansinin. At dahil sa kahiwagaan ng Kaniyang pagkakasilang, ay ipinamarali nilang Siya'y hindi nakatitiyak kung sino ang tunay Niyang ama, at sa ganitong paraan ang mga pangyayari tungkol sa Kaniyang pagkakasilang ay inilarawang isang batik sa Kaniyang kasaysayan.

Hindi tinangka ni Kristong ipaliwanag ang hiwaga ng pagkapanganak sa Kaniya. Hindi Siya sumagot sa mga tanong tungkol sa Kaniyang pagkakababa buhat sa langit, gaya ng hindi rin Niya pagsagot sa mga pagtatanong tungkol sa Kaniyang paglakad sa dagat. Hindi Niya ipinagunita ang mga kababalaghang naging kaakibat ng Kaniyang buhay. Kusa Niyang winalang-halaga ang Kaniyang sarili, at Siya'y nag-anyong isang hamak na alipin. Nguni't ang Kaniyang mga salita at mga gawa ay naghayag ng Kaniyang likas. Lahat ng mga pusong niliwanagan ng Diyos ay kikilalanin Siyang "ang bugtong ng Ama, na puspos ng biyaya at katotohanan." Juan 1:14.

Ang pagkayamot ng mga Pariseo ay nakaugat nang higit na malalim kaysa inihahayag ng kanilang mga pagtatanong; nakaugat [545]
iyon sa kabalakyutan ng kanilang mga puso. Bawa't salita at kilos ni Jesus ay sinasalungat nila; sapagka't ang diwang naghahari sa kanilang kalooban ay kasalungat ng diwa Niya.

"Walang taong makalalapit sa Akin, maliban nang ang Amang nagsugo sa Akin ang sa kaniya'y magdala sa Akin: at siya'y Aking ibabangon sa huling araw. Nasusulat sa mga propeta, at tuturuan silang lahat ng Diyos. Ang bawa't nakarinig nga sa Ama, at natuto, ay lumalapit sa Akin." Wala kailanmang lalapit kay Kristo, kundi yaong mga tumutugon sa umaakit na pag-ibig ng Ama. Datapwa't inaakit ng Diyos ang lahat ng mga puso sa Kaniya, at ang mga lumalaban lamang sa Kaniyang pag-akit ang tanging lumapit kay Kristo.

Sa mga salitang, "Tuturuan silang lahat ng Diyos," ay tinutukoy ni Jesus ang hula ni Isaias na: "Lahat mong mga anak ay tuturuan ng Panginoon; at magiging malaki ang kapayapaan ng iyong mga anak." Isaias 54:13. Ang talatang ito ng Kasulatan ay iniaangkop

ng mga Hudyo sa kanilang mga sarili. Ipinagyayabang nila na ang Diyos ay siya nilang Tagapagturo. Subali't ipinakilala ni Jesus na di-tunay ang inaangking ito, sapagka't sinabi Niya, "Ang bawa't nakarinig nga sa Ama, at natuto, ay lumalapit sa Akin." Sa pamamagitan lamang ni Kristo makatatanggap sila ng pagkakilala sa Ama. Hindi makakayang tingnan ng tao ang Kaniyang kaluwalhatian. Yaong mga nakakilala sa Diyos ay nakikinig sa tinig ng Kaniyang Anak, at kay Jesus na taga-Nazareth ay makikilala nila Siya na sa pamamagitan ng katalagahan at ng pahayag ay ipinahayag ang Ama.

"Katotohanan, katotohanang sinasabi Ko sa inyo, Ang sumasampalataya sa Akin ay may buhay na walang-hanggan." Sa pamamagitan ng minamahal na si Juan, na nakarinig ng mga pangungusap na ito, ay ganito ang sinabi ng Espiritu Santo sa mga iglesya, "Ito ang patotoo, na tayo'y binigyan ng Diyos ng buhay na walang-hanggan,
[546] at ang buhay na ito ay nasa Kaniyang Anak. Ang kinaroroonan ng Anak ay kinaroroonan ng buhay." 1 Juan 5:11, 12. At sinabi ni Jesus, "Siya'y Aking ibabangon sa huling araw." Si Kristo ay naging kaisa natin sa pagkatao, upang tayo naman ay maging kaisa Niya sa espiritu. Sa bisa ng pagkakaisang ito tayo'y magsisilabas sa libingan— hindi lamang bilang pagpapakita ng kapangyarihan ni pananampalataya, ay naging atin ang Kaniyang buhay. Yaong mga nakakakita kay Kristo sa tunay Niyang likas, at sa puso nila'y kanilang tinatanggap Siya, ay may buhay na walang-hanggan. Sa pamamagitan ng Espiritu tumatahan si Kristo sa atin; at ang Espiritu ng Diyos, na tinatanggap sa puso sa pamamagitan ng pananampalataya, ay siyang pasimula ng buhay na walang-hanggan.

Binanggit ng mga tao kay Kristo ang manang kinain ng kanilang mga magulang sa ilang, na para bagang ang pagkakapagbigay ng pagkaing yaon ay isang lalong malaking kababalaghan kaysa ginawa ni Jesus; nguni't ipinakikilala Niyang yaon ay napakaliit na bagay kung ihahambing sa mga pagpapalang ipinarito Niya upang ibigay. Ang binuhay lamang ng mana ay ang katawang-lupang ito; hindi nito nahadlangan ang pagdatal ng kamatayan, ni hindi rin ito nakapagbibigay ng walang-hanggang buhay; nguni't ang Tinapay na buhat sa langit ay makabubusog sa kaluluwa hanggang sa buhay na walanghanggan. Sinabi ng Tagapagligtas, "Ako ang Tinapay ng Kabuhayan. Nagsikain ang inyong mga magulang ng mana sa ilang, at sila'y nangamatay. Ito ang Tinapay na bumababang galing sa lan-

git, na makakain ng tao, at hindi mamamatay. Ako ang Tinapay na buhay na bumabang galing sa langit: kung ang sinuman ay kumain ng tinapay na ito, siya'y mabubuhay magpakailanman." Sa pahayag na ito ay may isa pang idinugtong ngayon si Kristo. Sa pamamagitan lamang ng Kaniyang pagkamatay makapagbibigay Siya ng buhay sa mga tao, at sa sumusunod na mga pangungusap ay ipinakikilala Niya na ang Kaniyang kamatayan ay siyang paraan upang maligtas. [547] Sinasabi Niya, "Ang tinapay na Aking ibibigay ay ang Aking laman, na Aking ibibigay para sa ikabubuhay ng sanlibutan."

Noo'y malapit nang idaos ng mga Hudyo ang Paskuwa sa Jerusalem, bilang pag-alaala sa gabi ng pagkaligtas ng Israel sa Ehipto, nang lipulin ng mamumuksang anghel ang mga panganay sa mga tahanan ng mga Ehipsiyo. Hangad ng Diyos na makilala nila na ang kordero ng paskuwa ay kumakatawan sa Kordero ng Diyos, at sa pamamagitan ng sagisag na ito ay tanggapin nila Siya na nagbigay ng Kaniyang sarili sa ikabubuhay ng sanlibutan. Nguni't sa ganang mga Hudyo ang sagisag ay ginawa nilang siyang pinakamahalaga sa lahat, samantala'y hindi na pinansin ang kahulugan niyon. Hindi nila nakilala ang katawan ng Panginoon. Ang katotohanan ding iyon na sinagisagan ng paghahain ng kordero ng paskuwa ay itinuro sa mga salita ni Kristo. Subali't hindi pa rin ito napag-unawa.

Ngayo'y pagalit na sumigaw ang mga rabi, "Paanong maipakakain sa atin ng Taong ito ang Kaniyang laman?" Pilit nilang inunawa ang Kaniyang mga salita sa literal na paraang gaya rin ng pagkaunawa ni Nicodemo nang itanong nito na, "Paanong maipanganganak ang tao kung siya'y matanda na?" Juan 3:4. Sa isang hangga ay naunawaan nila ang ibig sabihin ni Jesus, subali't hindi sila handang kilalanin o aminin iyon. Sa pamamagitan ng pagbibigay ng maling-pakahulugan sa Kaniyang mga salita, ang pag-asa nila'y magkakaroon ng di-mabuting pagkakilala sa Kaniya ang mga tao.

Hindi binago ni Jesus ang Kaniyang masagisag na pagpapahayag. Inulit Niya ang katotohanan sa lalo pang matinding pananalita: "Katotohanan, katotohanang sinasabi Ko sa inyo, Maliban nang inyong kanin ang laman ng Anak ng tao, at inumin ang Kaniyang dugo, ay wala kayong buhay sa inyong sarili. Ang kumakain ng Aking laman, at umiinom ng Aking dugo, ay may buhay na walang- [548]
hanggan; at siya'y Aking ibabangon sa huling araw. Sapagka't ang

Aking laman ay tunay na pagkain, at ang Aking dugo ay tunay na inumin. Ang kumakain ng Aking laman, at umiinom ng Aking dugo, ay nananahan sa Akin, at Ako'y sa kaniya."

Ang ibig sabihin ng kanin ang laman at inumin ang dugo ni Kristo ay tanggapin Siya bilang isang personal na Tagapagligtas, na sumasampalatayang ipinatatawad Niya ang ating mga kasalanan, at tayo'y nagiging ganap sa Kaniya. Sa pamamagitan ng pagtingin sa Kaniyang pag-ibig, ng pagbubulay-bulay sa pag-ibig na ito, at ng pag-inom, tayo'y magiging mga kabahagi ng Kaniyang likas. Kung ano ang pagkain sa katawan, dapat maging gayon si Kristo sa kaluluwa. Hindi natin pakikinabangan ang pagkain malibang ito'y kanin natin, malibang ito'y maging bahagi ng ating pagkatao. Gayundin naman, si Kristo ay walang halaga sa atin kung hindi natin Siya nakikilalang isang personal na Tagapagligtas. Ang isang pagkakilalang bunga ng teorya ay walang kabutihang magagawa sa atin. Kailangang Siya'y kanin natin, tanggapin Siya sa puso, upang ang Kaniyang kabuhayan ay maging ating kabuhayan. Ang Kaniyang pag-ibig, at ang Kaniyang biyaya, ay dapat maging bahagi ng ating buong katauhan.

Datapwa't ang mga paglalarawang ito ay hindi pa rin sapat magpakilala ng karapatan ng pagkakaugnay kay Kristo ng sumasampalataya. Sinabi ni Jesus, "Kung paanong sinugo Ako ng Amang buhay, at Ako'y nabubuhay sa pamamagitan ng Ama; gayundin naman ang kumakain sa Akin, siya nama'y mabubuhay sa pamamagitan Ko." Kung paanong ang Anak ng Diyos ay nabuhay sa pamamagitan ng pananampalataya sa Ama, gayundin naman tayo'y dapat mabuhay sa pamamagitan ng pananampalataya kay Kristo. Gayon na lamang kaganap ang pagkakapagpasakop ni Jesus sa kalooban ng Diyos na anupa't ang Ama lamang ang nahayag sa Kaniyang buhay.
[549] Bagaman tinukso sa lahat ng paraang katulad natin, Siya'y tumayo sa harap ng sanlibutan na di-nadungisan ng kasamaang nakapaligid sa Kaniya. Sa ganitong paraan din dapat tayong managumpay na gaya ni Kristo na nagtagumpay.

Kayo ba ay isang tagasunod ni Kristo? Kung gayon ang lahat ng nasusulat tungkol sa kabuhayang espirituwal ay isinusulat para sa inyo, at maaaring maabot sa pamamagitan ng pakikiisa ninyo kay Jesus. Nawawalan ba ng alab ang sigla ng inyong loob? Lumalamig na ba ang inyong unang pag-ibig? Tanggapin ninyong muli ang

iniaalok na pag-ibig ni Kristo. Kanin ninyo ang Kaniyang laman, inumin ninyo ang Kaniyang dugo, at kayo'y magiging kaisa ng Ama at ng Anak.

Hindi tinanggap ng mga di-sumasampalatayang Hudyo ang anuman kundi ang pinakaliteral na kahulugan sa mga salita ng Tagapagligtas. Ang kanilang kautusang rituwal ay nagbabawal na sila'y uminom ng dugo, at ngayon ang salita ni Kristo ay itinuring nilang isang kalapastangan, at kaya nga ito'y kanilang pinagtalun-tunan. Marami pa nga sa mga alagad ang nagsabing, "Matigas ang pananalitang ito; sino ang makaririnig noon?"

Sinagot sila ng Tagapagligtas: "Ito baga'y nakapagpapatisod sa inyo? Ano nga kung makita ninyong umaakyat ang Anak ng tao sa kinaroroonan Niya nang una? Ang Espiritu nga ang bumubuhay; sa laman ay walang anumang pinakikinabang: ang mga salitang sinalita Ko sa inyo, ay pawang espiritu, at pawang buhay."

Ang buhay ni Kristo na nagbibigay ng buhay sa sanlibutan ay nasa Kaniyang salita. Sa pamamagitan ng Kaniyang salita nagpagaling si Jesus ng sakit at nagpalayas ng mga demonyo; sa pamamagitan ng Kaniyang salita pinatahimik Niya ang dagat, at binuhay ang patay; at pinatotohanan ng mga tao na ang Kaniyang salita ay may taglay na kapangyarihan. Sinalita Niya ang salita ng Diyos, gaya ng pagkakapagsalita Niya sa lahat ng mga propeta at mga guro ng Matandang Tipan. Ang buong Bibliya ay isang paghahayag ni [550]
Kristo, at hangad ng Tagapagligtas na mapatuon sa salita ng Diyos ang pananampalataya ng Kaniyang mga tagasunod. Pagka Siya'y wala na at hindi na nila makikita, ang salita ng Diyos ang dapat nilang pagkunan ng kapangyarihan. Tulad ng kanilang Panginoon, sila'y dapat mabuhay "sa bawa't salitang lumalabas sa bibig ng Diyos." Mateo 4:4.

Kung paanong ang ating katawan ay binubuhay ng pagkain, ay gayundin namang binubuhay ng salita ng Diyos ang ating kabuhayang ukol sa espiritu. At bawa't kaluluwa ay dapat tumanggap ng buhay buhat sa salita ng Diyos para sa kaniyang sarili. Kung paanong ang bawa't isa sa atin ay dapat kumain upang tumanggap ng sustansiya ng pagkain, gayundin naman dapat nating tanggapin ang salita ng Diyos. Hindi marapat na ito'y tanggapin natin sa pamamagitan ng isip ng iba. Dapat nating maingat na pag-aralan ang Bibliya, na hinihingi sa Diyos ang tulong ng Banal na Espiritu,

upang ating maunawaan ang Kaniyang salita. Dapat nating basahin ang isang talata, at matamang bulayin ang isipang inilagay ng Diyos sa talatang iyon para sa atin. Dapat nating nilay-nilayin ang isipang naroroon hanggang sa iyon ay maging sariling atin, at ating matiyak kung ano "ang sinasabi ng Panginoon."

Ang mga pangako at mga babala ni Jesus ay iniuukol sa akin. Gayon na lamang ang pagsinta ng Diyos sa sanlibutan, na ibinigay Niya ang Kaniyang bugtong na Anak, upang ako, sa pamamagitan ng pananampalataya sa Kaniya, ay huwag mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang-hanggan. Ang mga karanasang nakalahad sa salita ng Diyos ay dapat maging aking mga karanasan. Ang panalangin at pangako, ang utos at babala, ay akin. "Ako'y napako sa krus na kasama ni Kristo: at hindi na ako ang nabubuhay, kundi si Kristo ang nabubuhay sa akin: at ang buhay na ikinabubuhay
[551] ko ngayon sa laman, ay ikinabubuhay ko sa pananampalataya, ang pananampalataya na ito'y sa Anak ng Diyos, na sa akin ay umibig, at ibinigay ang Kaniyang sarili dahil sa akin." Galaeia 2:20. Pagka ganyang tinatanggap at ginagamit ng pananampalataya ang mga simulain ng katotohanan, ang mga ito ay nagiging bahagi ng pagkatao at nagiging siyang gumaganyak na kapangyarihan sa buhay. Ang salita ng Diyos, na tinanggap sa kaluluwa, ay siyang nag-aayos ng mga iniisip, at tumutulong sa ikabubuti ng likas.

Sa lagi nating pagtingin kay Jesus sa pamamagitan ng mata ng pananampalataya, ay tayo'y lalakas. Gagawa ang Diyos ng napakamahahalagang pahayag sa Kaniyang nagugutom at nauuhaw na bayan. Masusumpungan nilang si Kristo ay isang personal na Tagapagligtas. Sa pagkain nila ng Kaniyang salita, nasusumpungan nilang ito'y espiritu at buhay. Pinupuksa ng salita ang katutubo't makalupang likas, at nagbibigay ng bagong buhay na nasa kay Kristo Jesus. Ang Banal na Espiritu ay tumatahan sa kaluluwa bilang isang Mang-aaliw. Sa pamamagitan ng bumabago Niyang biyaya, ang larawan ng Diyos ay naisasalin sa mga alagad, sila'y nagiging isang bagong nilalang. Pag-ibig ang humahalili sa poot, at ang puso ay tumatanggap ngwangis ng Diyos. Ito ang ibig sabihin ng mabuhay "sa bawa't salitang lumalabas sa bibig ng Diyos." Ito ang pagkain ng tinapay na bumababang buhat sa langit.

Sinalita ni Kristo ang isang banal, walang-hanggang katotohanan tungkol sa pagkakaugnay Niya at ng mga sumusunod sa Kaniya.

Kilala Niya ang likas niyaong mga nagsasabing alagad Niya, at sinubok ng Kaniyang mga salita ang kanilang pananampalataya. Sinabi Niyang dapat nilang paniwalaan at gawin ang Kaniyang turo. Lahat ng tumanggap sa Kaniya ay magkakaroon ng Kaniyang likas, at magiging kaayon ng Kaniyang kaugalian. Saklaw nito ang pag-iiwan ng pinapangarap nilang mga hangarin. Kinakailangan nito ang lubos na pagpapasakop kay Jesus ng kanilang mga sarili. Sila'y tinawag upang maging mga mapagkait-sa-sarili, maamo at [552]
mapagpakumbabang puso. Dapat silang lumakad sa makipot na landas na nilakaran ng Tao ng Kalbaryo, kung ibig nilang tumanggap ng kaloob ng buhay at ng kaluwalhatian ng langit.

Napakalaki ang pagsubok. Ang kasiglahan ng mga nagbalak na umagaw sa Kaniya upang gawin Siyang hari ay lumamig. Ang sinalita Niyang ito sa sinagoga, wika nila, ay siyang nagpadilat ng kanilang mga mata. Ngayon ay hindi na sila malilinlang. Sa ganang isip nila ang mga sinalita Niya ay isang tuwirang pag-amin na hindi Siya ang Mesiyas, at wala silang matatamong kapakinabangan sa patuloy na pakikiugnay o pakikisama sa Kaniya. Gusto nila ang kapangyarihan Niyang gumagawa ng kababalaghan; sabik silang maalis sa pagkakasakit at paghihirap; subali't ayaw nilang makipagtiis sa buhay Niyang mapagpakasakit. Winalang-halaga nila ang mahiwagang kahariang espirituwal na Kaniyang ipinahayag. Ang mga di-tapat, ang mga makasarili, na nagsihanap sa Kaniya, ay ayaw na ngayon sa Kaniya. Kung hindi rin lamang Niya gagamitin ang Kaniyang kapangyarihan at impluwensiya upang sila'y makalaya sa mga Romano, hindi na sila makikisama pa sa Kaniya.

Malinaw na sinabi sa kanila ni Jesus, "May ilan sa inyo ang hindi nagsisisampalataya;" at idinugtong pa Niya, "Dahil dito'y sinabi Ko sa inyo, na walang taong makalalapit sa Akin, maliban na ipagkaloob sa kaniya ng Ama." Nais Niyang maunawaan nila na kung kaya sila'y hindi naaakit na lumapit sa Kaniya ay sapagka't ang mga puso nila'y hindi nabubuksan sa pagpasok ng Espiritu Santo. "Ang taong ayon sa laman ay hindi tumatanggap ng mga bagay ng Espiritu ng Diyos: sapagka't ang mga ito ay kamangmangan sa kaniya: at hindi niya nauunawa ang mga ito, sapagka't ang mga yaon ay sinisiyasat ayon sa espiritu." 1 Corinto 2:14. Sa pamamagitan ng pananampalataya namamasdan ng kaluluwa ang kaluwalhatian ni- Jesus. Natatago ang [553]

kaluwalhatiang ito, hanggang sa, ang pananampalataya ay papagalabin sa kaluluwa, sa pamamagitan ng Banal na Espiritu.

Nang hayag na suwatan ni Jesus ang di-paniniwala ng mga alagad na ito ay lalo nang lumayo sila sa Kaniya. Labis silang nagalit, at sa pagnanasang magantihan ang Tagapagligtas at mabigyang-kasiyahan ang pagkapoot ng mga Pariseo, ay tinalikuran nila Siya, at iniwan Siya nang may paghamak. Ginawa na nila ang kanilang pagpili—kinuha na nila ang anyo na walang buhay, at ang ipa na walang laman. Ang kapasiyahan nilang ito ay hindi na kailanman nabago; sapagka't hindi na sila lumakad na kasama ni Jesus.

"Nasa Kaniyang kamay ang Kaniyang kalaykay, at lilinisin Niyang lubos ang Kaniyang giikan, at titipunin Niya ang Kaniyang trigo sa bangan." Mateo 3:12. Ito ang isa sa mga panahon ng paglilinis. Sa pamamagitan ng mga salita ng katotohanan, ang ipa ay inihihiwalay sa butil. Dahil sa sila'y totoong mayayabang at mapagbanal-banalan na ayaw nilang tumanggap ng payo at saway, totoong makasanlibutan na anupa't ayaw nilang tumanggap ng isang kabuhayang may pagpapakumbaba, ay marami nga ang humiwalay kay Jesus. Marami ang gumagawa pa rin ngayon ng ganitong bagay. Sinusubok Niya ngayon ang mga kaluluwa na gaya rin ng mga alagad na sinubok sa sinagoga sa Capernaum. Pagka ang katotohanan ay inihahatid at tumitimo sa puso, ay nakikita nila na ang kabuhayan nila ay hindi naaayon sa kalooban ng Diyos. Nakikita nila ang pangangailangan nila ng lubos na pagbabago; nguni't ayaw nilang gumawa ng gawaing pagtanggi-sa-sarili. Kaya nga nagagalit sila pagka natutuklasan at nalalantad ang kanilang mga kasalanan. Nagsisialis silang masasama ang loob, tulad din naman ng mga alagad na nagsihiwalay kay Jesus, na bumulung-bulong, "Matigas
[554] ang pananalitang ito; sino ang makaririnig noon?"

Nakalulugod sa kanilang mga pakinig ang papuri at panghihimok; subali't ang katotohanan ay masaklap sa loob nilang tanggapin; hindi nila ito naririnig. Pagka napakaraming tao ang nagsisisunod, at libu-libo ang pinakakain, at ang mga sigaw ng tagumpay ay naririnig, ay malalakas ang kanilang mga tinig sa pagpuri; subali't pagka sinisiyasat na ng Espiritu ng Diyos at inililitaw ang mga kasalanan nila, at inaatasan silang iwan ang mga iyon, ay tinatalikuran nila ang katotohanan, at hindi na lumalakad na kasama ni Jesus.

Nang humiwalay na kay Kristo ang mga alagad na yaon, ay iba nang espiritu ang naghari sa kanila. Wala na silang nakitang anumang nakaaakit sa Kaniya na datirati'y lubha nilang kinasasabikan at kinawiwilihan. Hinanap nila ang Kaniyang mga kaaway, sapagka't sila'y kaisa nila sa diwa at gawain. Binigyan nila ng maling-pakahulugan ang Kaniyang mga salita, pinilipit ang mga pangungusap Niya, at pinulaan ang Kaniyang mga adhikain. Itinaguyod nila ang kanilang hakbangin sa pamamagitan ng pagtitipon ng bawa't bagay na magagamit nila laban sa Kaniya; at nakalikha ng gayon na lamang kalaking galit sa mga tao ang mga di-tunay na balitang ito na anupa't napalagay sa panganib ang Kaniyang buhay.

Mabilis na kumalat ang balitang si Jesus na taga-Nazareth ang siya na ring umamin na hindi nga Siya ang Mesiyas. At kaya nga ang damdaming-bayan ay naging laban sa Kaniya, gaya rin ng nangyari sa Judea, noong isang taong lumipas. Sa aba ng Israel! Itinakwil nila ang kanilang Tagapagligtas, dahil sa ang hinihintay nila ay isang manlulupig na magbibigay sa kanila ng kapangyarihang ukol sa lupang ito. Ang ibig nila ay ang pagkaing napapanis, at hindi yaong tumatagal hanggang sa buhay na walang-hanggan.

Nagdurugo ang pusong sinundan ng tanaw ni Jesus yaong mga dati Niyang alagad na humihiwalay at lumalayo sa Kaniya, na Buhay at Ilaw ng mga tao. Ang pagkadama Niya na ang Kaniyang pakiki- [555]
ramay ay di-pinahahalagahan, na ang Kaniyang pag-ibig ay di-tinutugon, ang Kaniyang kahabagan ay di-pinapansin, ang Kaniyang pagliligtas ay tinatanggihan, ay lumipos sa Kaniya ng dimabigkas na kalungkutan. Ang mga ganitong pangyayari sa Kaniyang buhay ang naging dahilan kung kaya Siya'y tinawag na Tao ng mga kapanglawan, at bihasa sa kadalamhatian.

Walang pagtatangkang pigilin ang mga umaalis sa Kaniya, na binalingan ni Jesus ang Labindalawa Niyang alagad at sinabi, "Ibig baga ninyong magsialis din naman?"

Sumagot si Pedro nang patanong, "Panginoon, kanino kami magsisiparoon?" Idinugtong pa niya, "Ikaw ang may mga salita ng buhay na walang-hanggan." "At kami'y nagsisisampalataya at nakatitiyak na Ikaw ang Kristo, ang Anak ng Diyos na buhay."

"Kanino kami magsisiparoon?" Ang mga guro ng Israel ay mga alipin ng pormalismo. Ang mga Pariseo at mga Sadueeo ay laging nagtatalu-talo. Kung iwan nila si Jesus ay mahuhulog sila sa mga

kamay ng mga patay na seremonya at mga rito ng mga Hudyo, at sa mga taong ambisyoso na ang hanap ay ang sarili nilang kapurihan. Nakasumpong ang mga alagad ng higit na kapayapaan at katuwaan buhat nang tanggapin nila si Kristo kaysa sa buo nilang naunang kabuhayan. Paano pa sila makababalik sa mga lumibak at umusig sa Kaibigan ng mga makasalanan? Maluwat na nilang hinihintay ang Mesiyas; ngayo'y narito na Siya, at hindi na nila Siya maiiwan upang bumalik sa mga umusig sa kanila dahil sa sila'y naging mga tagasunod Niya.

"Kanino kami magsisiparoon?" Hindi sila makaaalis sa turo ni Kristo, sa Kaniyang mga aral ng pag-ibig at kaawaan, upang lumipat sa kadiliman ng di-paniniwala, sa katampalasanan ng sanlibutan. Bagaman at ang Tagapagligtas ay iniwan ng maraming nakasaksi ng
[556] Kaniyang mga kababalaghang gawa, ipinahayag naman ni Pedro ang pananampalataya ng kaniyang mga kasamang alagad—"Ikaw ang Kristo." Ang isiping mawawala ang sinipeteng ito ng kanilang mga kaluluwa ay pumuno sa kanila ng takot at hirap ng kalooban. Ang mawalan ng Tagapagligtas ay gaya ng pagkaanod sa isang madilim at maunos na dagat.

Marami sa mga salita at mga gawa ni Jesus ay lumilitaw na mahiwaga sa pahat na isip ng tao, subali't ang bawa't salita at gawang ito ay may tiyak na layunin sa gawain ng pagtubos sa atin; bawa't isa ay pinanukala upang magbigay ng sarili nitong bunga. Kung kaya lamang nating unawain ang Kaniyang misyon.

Bagama't ngayo'y hindi pa natin mauunawaan ang mga gawa at mga paraan ng Diyos, atin namang nakikita ang Kaniyang dakilang pag-ibig, na pinagsasaligan ng lahat Niyang mga pakikitungo sa mga tao. Ang sinumang namumuhay nang malapit kay Jesus ay makakaunawa nang malaki sa hiwaga ng kabanalan. Makikilala niya ang kahabagan na nakalangkap sa pagsaway, na sumusubok sa likas, at nagpapalitaw sa nilalayon ng puso.

Nang iharap ni Jesu§ ang pansubok na katotohanan na siyang naging sanhi ng pagtalikod sa Kaniya ng lubhang marami Niyang mga alagad, ay talos Niya ang magiging bunga ng Kaniyang mga salita; subali't Siya'y may isang layunin ng kaawaan na dapat tuparin. Nakita Niyang sa panahon ng tukso ay mahigpit na susubukin ang bawa't isa sa Kaniyang mga minamahal na alagad. Ang Kaniyang paghihirap sa Gethsemane, ang pagkakanulo at pagpa-

pako sa Kaniya sa krus, ay magiging napakabigat na pagsubok sa kanila. Kung hindi muna Niya sinubok sila, disin sana'y maraming may mga sakim na adhikain ang patuloy na makikisama sa kanila. Nang hatulan na ang kanilang Panginoon sa bulwagan ng hukuman; nang sigawan na Siya at alipustahin ng mga dati'y nagbunyi sa Kaniya bilang kanilang hari; nang ang nagsisipanuyang karami- [557]
han ay magsigawan na ng, "Ipako Siya sa krus!"—nang mabigo na ang kanilang mga makasanlibutang hangarin, ang mga makasariling ito, sa pamamagitan ng pagtatakwil kay Jesus, ay nagdulot sa mga alagad ng mapait at matinding kapighatian, bukod pa sa kahapisan at kabiguang bunga ng pagguho ng kanilang mga pinangarap na pag-asa. Sa panahong yaon ng kadiliman, ang halimbawa ng mga nagsitalikod sa Kaniya ay mangyayaring nakahikayat pa sana ng iba upang sumama sa kanila. Datapwa't ang pagsubok o ang krisis na ito ay pinasapit na ni Jesus samantalang Siya'y personal pang kasama nila at mapalalakas pa Niya ang pananampalataya ng mga tapat Niyang tagasunod.

Maawaing Manunubos, na bagaman lubos na nakatatalos ng sasapitin Niyang kapalaran, ay buong pagmamahal pa ring pinatag ang daan para sa mga alagad, inihanda sila sa pinakatampok na pagsubok na darating sa kanila, at pinalakas sila para sa pangwakas na pagsusulit! [558]

[559]

## Kabanata 42—Ang Sali't Saling Sabi

Ang kabanatang ito ay batay sa Mateo 15:1-20; Marcos 7:1-23.

Sa pag-asa ng mga eskriba at mga Pariseo na makikita nila si Jesus sa Kapistahan ng Paskuwa, ay nagumang sila ng patibong para sa Kaniya. Datapwa't palibhasa'y talastas ni Jesus ang kanilang panukala, kaya hindi Siya dumalo sa pagtitipong ito. "Nang magkagayo'y nagsilapit sa Kaniya ang mga Pariseo, at ilan sa mga eskriba." Sapagka't hindi Siya nagpunta sa kanila, sila naman ang pumaroon sa Kaniya. May isang panahong wari'y tatanggapin ng mga tao ng Galilea si Jesus bilang Mesiyas, at ang kapangyarihan ng mga saserdote sa purok na yaon ay masisira na. Ang misyon ng Labindalawa, na nagpapakilala ng kalawakan ng gawain ni Kristo, at nagdadala naman sa mga alagad sa lantarang pakikitunggali sa mga rabi, ay muling gumising ng pagkainggit sa mga pinuno sa Jerusalem. Ang mga tiktik na inutusan nila sa Capernaum noong unang bahagi ng ministeryo ni Kristo, na nagsikap na paratangan Siya ng paglabag sa Sabado, ay nangalito; gayunma'y matibay ang kapasiyahan ng mga rabi na isakatuparan ang kanilang panukala. Ngayo'y iba na namang mga tiktik ang isinugo upang magmatyag ng Kaniyang mga kilos, at humanap ng ilang maipaparatang laban sa Kaniya.

[560] Gaya nang dati, ang batayan ng pagtatalo o pagrerek- lamo ay ang Kaniyang di-pagpansin sa mga utos na ayon sa sali't saling sabi na idinagdag ng mga Hudyo sa kautusan ng Diyos. Ang mga sali't saling sabing ito ay ginawa umano upang mapangalagaan ang pagtalima sa kautusan, subali't ang totoo'y itinuring nila ang mga ito na lalo pang banal kaysa sa kautusan mismo. Pagka nakakasalungat ng mga ito ang mga utos na ibinigay sa Sinai, ay inuuna nilang sundin ang mga sali't saling sabi ng mga rabi.

Ang isa sa mga utos na napakahigpit na ipinatupad ay ang tungkol sa seremonyal ng paglilinis. Ang isang pagkukulang sa mga paraang dapat ganapin bago kumain ay itinuring na isang kalait-lait

na pagkakasala, na dapat parusahan sa buhay na ito at sa kabilang buhay; at itinuring ding isang mabuting gawa na paksain ang sumasalansang.

Ang mga utos tungkol sa paglilinis ay di-mabilang. Ang buong buhay man ng tao ay halos hindi pa sapat upang mapag-aralan at matutuhan ang lahat ng mga ito. Ang kabuhayan niyaong mga nagsikap tumalima sa mga tagubilin ng mga rabi ay isang matagal at mahabang pagpupunyagi na makaiwas sa pagkahawa sa mga karumihang espirituwal, at isang walang-katapusang paulitulit na paliligo at mga paglilinis. Samantalang ang mga tao ay halos nauubos ang panahon sa pagsisikap na matupad ang mga kaliit-liitang tuntunin, at ang mga palatuntunang hindi naman iniuutos ng Diyos, ay napalayo na ang kanilang isip sa mga dakilang simulain ng Kaniyang kautusan.

Hindi sinunod ni Kristo at ng Kaniyang mga alagad ang mga seremonyal na paglilinis na ito, at ang di-pagsunod na ito ang ginawang batayan ng mga tiktik ng kanilang pagpaparatang. Gayon man, hindi sila gumawa ng tuwirang pagtuligsa kay Kristo, kundi sila'y lumapit sa Kaniya na pinupuna ng Kaniyang mga alagad. Sa
harap ng karamihan ay sinabi nila, "Bakit ang Iyong mga alagad ay [561]
nagsisilabag sa salit' saling sabi ng matatanda? Sapagka't hindi sila nangaghuhugas ng kanilang mga kamay pagka nagsisikain sila ng tinapay?"

Kailanma't ang pabalita ng katotohanan ay tumatalab sa mga kaluluwa na may tanging kapangyarihan, inuudyukan ni Satanas ang kaniyang mga kampon na lumikha ng pagtatalo tungkol sa isang maliit na bagay. Sa ganitong paraa'y napagsisikapan niyang maalis ang pansin sa tunay na paksang pinag-uusapan. Kailanma't may isang mabuting gawaing pinasisimulan, may mga maninirang handa agad makipagtalo tungkol sa mga paraan o mga alituntunin, upang maihiwalay ang isip sa tunay na mga pangyayari. Kapag sa malas ang Diyos ay handa nang gumawa sa isang tanging paraan para sa Kaniyang bayan, huwag nga silang padadala sa isang pakikipagtalo na magbubunga lamang ng pagkapahamak ng mga kaluluwa. Ang mga katanungang dapat bumagabag sa atin ay, Ako ba'y may buhay na pananampalataya sa Anak ng Diyos? Ang akin bang kabuhayan ay katugma ng kautusan ng Diyos? "Ang sumasampalataya sa Anak ay may buhay na walang-hanggan: nguni't ang hindi sumasam-

palataya sa Anak ay hindi makakakita ng buhay.” “At sa ganito’y nalalaman natin na Siya’y ating nakikilala, kung tinutupad natin ang Kaniyang mga utos.” Juan 3:36; 1 Juan 2:3.

Hindi tinangka ni Jesus na ipagtanggol ang Kaniyang sarili ni ang mga alagad man Niya. Wala Siyang ginawang pagbanggit sa mga ipinaparatang laban sa Kaniya, kundi nagpatuloy Siya na ipakilala ang diwang nag-udyok sa mga taong ito na mahihigpit magpatupad ng mga rito ng mga tao. Binigyan Niya sila ng halimbawa ng kung ano ang paulit-ulit nilang ginagawa, at ng kanilang kagagawa pa lamang bago sila dumating na naghahanap sa Kaniya. “Totoong itinatakwil ninyo ang utos ng Diyos,” wika Niya, “upang mangaganap ninyo ang inyong mga sali’t saling sabi. Sapagka’t sinabi
[562] ni Moises, Igalang mo ang iyong ama at ang iyong ina; at, Ang manungayaw sa ama o sa ina, ay mamamatay siyang walangpagsala: datapwa’t sinasabi ninyo, Kung sabihin ng isang tao sa kaniyang ama o sa kaniyang ina, Yaong mangyayaring pakinabangan mo sa akin ay Corban, samakatwid baga’y, hain sa Diyos; siya’y magiging malaya. At hindi na ninyo siya pinabayaang gumawa ng anuman na ukol sa kaniyang ama o sa kaniyang ina.” Isinasaisantabi nila ang ikalimang utos na parang walang kabuluhan, nguni’t mahigpit na mahigpit naman sila sa pagtupad ng mga sali’t saling sabi ng mga matatanda. Itinuro nila sa mga tao na ang pagtatalaga sa templo ng kanilang mga ariarian ay isang tungkuling lalong banal pa kaysa pagtataguyod o pagbuhay sa kanilang mga magulang; at gaanuman kalaki ang pangangailangan ng mga magulang, isang kalapastangan na ibigay sa kanila ang alinmang bahagi ng naitalaga na. Sapat nang sabihin ng isang walang-utang-na-loob na anak ang salitang “Corban” sa kaniyang pag-aari, sa gayon iyon ay naitatalaga sa Diyos, at iyon ay masasarili niya at magagamit habang siya’y nabubuhay, at pagkamatay naman niya ay saka iyon magagamit sa serbisyo sa templo. Sa ganitong paraan ay malaya siya, sa buhay man siya at sa patay, na hamakin at iringin ang kaniyang mga magulang, sa ilalim ng balabal ng pagkukunwaring iyon ay itinalaga sa Diyos.

Sa salita man o sa gawa, ay di-kailanman binawasan ni Jesus ang tungkulin ng tao na maghandog ng mga hain at mga kaloob sa Diyos. Si Kristo ang nagbigay ng mga tagubilin ng kautusan tungkol sa pagbibigay ng mga ikapu at mga handog. Nang naririto pa Siya sa lupa ay pinuri Niya ang dukhang babaing nagbigay ng lahat

niyang tinatangkilik sa kabang-yaman ng templo. Nguni't ang wari'y pagsisikap para sa Diyos na ipinakikita ng mga saserdote at mga rabi ay isang pagkukunwari upang maikubli ang kanilang hangarin na maitanyag ang sarili. Nadaya nila ang mga tao. Ang mga taong ito'y [563] nagdadala ng mabibigat na pasaning hindi naman iniutos ng Diyos. Maging ang mga alagad ni Kristo ay hindi lubos na malaya sa bigat ng pasang namana nila sa kahambugan at kapangyarihan ng mga rabi. Ngayon, sa pamamagitan ng paghahayag ng tunay na diwa ng mga rabi, ay pinagsikapan ni Jesus na mahango Niya sa pagkaalipin ng sali't saling sabi ang lahat ng mga tunay na naghahangad na maglingkod sa Diyos.

"Kayong mga mapagpaimbabaw," winika Niya sa mga tusong tiktik, "mabuti ang pagkahula sa inyo ni Isaias, na nagsasabi, Ang bayang ito'y iginagalang Ako ng kanilang mga labi; datapwa't ang kanilang puso ay malayo sa Akin. Datapwa't walang kabuluhan ang pagsamba nila sa Akin, na itinuturong kanilang pinakaaral ang mga utos ng mga tao." Ang mga salita ni Kristo ay isang paghatol sa lahat ng aral ng mga Pariseo. Sinabi Niyang dahil sa ang kanilang mga utos ay inilalagay nilang higit pang mataas kaysa mga utos ng Diyos, inilalagay ng mga rabi ang kanilang mga sarili na mataas pa sa Diyos.

Ang mga inutusang buhat sa Jerusalem ay nalipos ng galit. Hindi nila maparatangang si Kristo ay isang manlalabag ng kautusang ibinigay sa Sinai, sapagka't ipinagtanggol pa nga Niya ang kautusan laban sa kanilang mga sali't saling sabi. Ang mga dakilang utos ng kautusan, na Kaniyang ipinakilala, ay lumitaw na kaibang-kaiba sa maliliit na tuntuning ginawa ng mga tao.

Sa karamihang nagkakatipon, at pagkatapos ay sa Kaniyang mga alagad, ay ipinaliwanag ni Jesus na ang karumihan o pagkahawa ay hindi nagbubuhat sa labas, kundi sa loob. Ang kalinisan at karumihan ay nauukol sa kaluluwa. Ang nagpaparumi sa tao ay ang masamang gawa, ang masamang salita, ang masamang isipan, ang pagsalansang sa kautusan ng Diyos, at hindi ang pagpapabaya o pagkukulang sa panlabas na mga seremonyang ginawa ng tao.

Napansin ng mga alagad ang matinding galit ng mga tiktik nang [564] mabunyag na ang kanilang bulaang aral. Nakita nila ang mga nagngingitngit na tingin, at narinig ang kanilang mga ungol ng dikasiyahan at paghihiganti. Palibhasa'y nalimutan nila na madalas

patunayan ni Kristo na Siya'y nakababasa ng nilalaman ng puso na gaya ng isang bukas na aklat, sinabi nila sa Kaniya ang nagawa ng Kaniyang mga salita. Sa pag-asa nilang Siya'y maaaring makipagkasundo sa mga galit na pinuno, ay sinabi nila kay Jesus, "Nalalaman Mo bagang nangagdamdam ang mga Pariseo, pagkarinig nila ng pananalitarg ito?"

Siya'y sumagot, "Ang bawa't halamang hindi itinanim ng Aking Ama na nasa kalangitan, ay bubunutin." Ang mga kaugalian at mga sali't saling sabing lubhang pinahahalagahan ng mga rabi ay sa sanlibutang ito, hindi mula sa langit. Gaanuman kalaki ang kapangyarihan nila sa mga tao, ay hindi nila makakaya ang pagsubok ng Diyos. Ang bawa't katha ng taong inihalili sa mga utos ng Diyos ay masusumpungang walang-halaga sa araw na yaon pagka "dadalhin ng Diyos ang bawa't gawa sa kahatulan, pati ng bawa't kubling bagay, maging ito'y mabuti, o maging ito'y masama." Eclesiastes 12:14.

Hanggang ngayon ay hindi tumitigil ang paghahalili ng mga utos ng tao sa mga utos ng Diyos. Sa gitna man ng mga Kristiyano ay may nasusumpungan pang mga utos at mga kaugaliang walang higit na mabuting kinasasaligan kundi ang mga sali't saling sabi ng mga magulang. Ang mga utos na ganito, na nakasalig lamang sa kapangyarihan ng tao, ay mga inihalili sa itinakda ng Diyos. Nanghahawak ang mga tao sa kanilang mga sali't saling sabi, at gumagalang sa kanilang mga kaugalian, at nagkikimkim ng galit laban sa mga nagpapakilala sa kanila na sila'y namamali. Sa araw na ito, na tayo'y inaatasang ating alalahanin ang mga utos ng Diyos at ang pananampalataya ni Jesus, ay nakikita natin ang gayunding pag-aalitang namalas noong mga kaarawan ni Kristo. Tungkol sa
[565] nalabing bayan ng Diyos ay ganito ang nasusulat, "Nagalit ang dragon sa babae, at umalis upang bumaka sa nalabi sa kaniyang binhi, na siyang nagsisitupad ng mga utos ng Diyos, at mga may patotoo ni Jesus." Apocalipsis 12:17.

Datapwa't "ang bawa't halamang hindi itinanim ng Aking Ama na nasa kalangitan, ay bubunutin." Sa lugar ng kapangyarihan ng tinatawag na mga ama ng iglesya, ay inaatasan tayo ng Diyos na tanggapin ang salita ng walang-hanggang Ama, ang Panginoon ng langit at ng lupa. Dito lamang di-nahahaluan ng kamalian ang katotohanan. Sinabi ni David, "Ako'y may higit na unawa kaysa

lahat ng tagapagturo sa akin: sapagka't ang Iyong mga patotoo ay gunita ko. Ako'y nakakaunawa nang higit kaysa sa may katandaan, sapagka't aking iniingatan ang mga tuntunin Mo." Awit 119:99, 100. Lahat nga ng mga tumatanggap sa kapangyarihan ng tao, sa mga kaugalian ng iglesya, o sa mga sali't saling sabi ng mga ama ng iglesya, ay makinig at mag-ingat sa babalang inihahatid ng mga salita ni Kristo, "Walang kabuluhan ang pagsamba nila sa Akin, na itinuturong kanilang pinakaaral ang mga utos ng mga tao." [566]

## Kabanata 43—Iginiba ang mga Hadlang

Ang kabanatang ito ay batay sa Mateo 15:21-28; Marcos 7:24-36.

Pagkatapos makipagharap sa mga Pariseo, nilisan ni Jesus ang Capernaum, at pagkatawid sa Galilea, ay umahon sa maburol na mga hangganan ng Fenecia. Pagtanaw Niya sa dakong nilulubugan ng araw, ay namalas Niyang nakalatag sa kapatagang nasa ibaba, ang matatandang lungsod ng Tiro at Sidon, pati ang mga templong pagano ng mga ito, at ang mga naggagandahang palasyo at mga pamilihan nito, at ang mga daungang puno ng mga nangangalakal na daong. Sa dako roon ay ang bughaw na kalawakan ng Mediteraneo, na tatawirin ng mga sugo ng ebanghelyo upang dalhin ang mabubuting balita sa mga sentro ng dakilang imperyo ng sanlibutan. Nguni't hindi pa panahon. Ang gawaing napapaharap sa Kaniya ngayon ay ihanda ang Kaniyang mga alagad para sa gawain nila. Ang hangad Niya sa pagparito sa lugar na ito ay mapag-isa o malayo sa karamihan na siyang hangad Niya sanang makamtan sa Bethsaida. Nguni't di ito lamang ang layunin Niya sa pagparito.

"Narito, ang isang babaing Cananea na lumabas sa mga hangganang yaon, at nagsisigaw, na nagsasabi, Kahabagan Mo ako, Oh Panginoon, Ikaw na Anak ni David; ang aking anak na babae ay pinahihirapang lubha ng isang demonyo." Mateo 15:22. Ang mga tao sa pook na ito ay buhat sa matandang lahi ng mga Cananea. Sila'y mga mananamba sa mga diyus-diyusan, at mga kinasusuklaman at kinapopootan ng mga Hudyo. Ang babaing lumapit ngayon [567]
kay Jesus ay buhat sa uri o lahing ito. Siya'y isang pagano, at kaya nga hindi niya tinatamasa ang mga biyayang tinatamasa araw-araw ng mga Hudyo. Maraming mga Hudyong namumuhay sa gitna ng mga taga-Fenecia, at ang balita ng mga ginagawa ni Kristo ay nakasapit na sa pook na ito. May mga taong nakinig sa Kaniyang mga salita at nakasaksi ng Kaniyang mga kahanga-hangang gawa. Nabalitaan ng babaing ito ang tungkol sa propeta na Siya, ayon sa balita, ay nakapagpapagaling ng lahat ng uri ng mga sakit. Nang ma-

balitaan niya ang tungkol sa kapangyarihan ni Jesus, ay nabuhay ang pag-asa sa puso niya. Palibhasa'y pinasigla ng pag-ibig na katutubo sa isang ina, ipinasiya niyang ipamanhik ang kalagayan ng kaniyang anak na babae. Matibay niyang pinanukalang ipaalam kay Jesus ang kaniyang kadalamhatian. Kailangang ang anak niya'y pagalingin Niya. Nakahingi na siya ng tulong sa mga diyos ng mga pagano, nguni't wala siyang tulong na kinamtan. At may mga sandaling natutukso siyang mag-isip, Ano kaya ang mga gawa para sa akin ng gurong Hudyong ito? Nguni't ngayo'y dumating ang balita, na napagagaling Niya ang lahat ng uri ng mga sakit, mahirap man o mayaman ang mga nagsisilapit sa Kaniya upang humingi ng tulong. Ipinasiya niyang huwag pawalaan ang nalalabi niyang pag-asa.

Talos ni Kristo ang kalagayan ng babaing ito. Alam Niyang pinagmimithian Siyang makita nito, at kaya nga lumagay Siya sa landas nito. Sa pamamagitan ng pagtulong sa kalungkutan nito, Siya'y makapagbibigay ng isang buhay na larawan ng aral na panukala Niyang ituro. Dahil dito kaya Niya ipinagsama ang mga alagad Niya sa pook na ito. Ibig Niyang makita nila ang kamangmangang laganap sa mga siyudad at mga nayong malapit sa lupain ng Israel. Ang mga taong binigyan ng bawa't pagkakataong makaunawa ng katotohanan ay walang nalalaman tungkol sa mga pangangailangan ng mga nasa paligid nila. Walang pagsisikap na ginagawa upang [568] matulungan ang mga kaluluwang nasa kadiliman. Ang pader na itinayo ng kapalaluan ng mga Hudyo, ay inihiwalay pati ang mga alagad sa pakikiramay sa mga taong di-nakakikilala sa tunay na Diyos. Datapwa't ang mga hadlang na ito ay dapat igiba.

Hindi agad tinugon ni Kristo ang kahilingan ng babae. Pinakiharapan Niya ang kinatawang ito ng isang lahing hinahamak na gaya ng gagawin ding pakikiharap ng mga Hudyo. Sa paggawa Niya nito ay panukala Niyang ikintal sa Kaniyang mga alagad ang malamig at walang-pusong paraan ng pakikiharap na gagawin ng mga Hudyo sa isang nasa gayong kalagayan, gaya ng ipinakita Niyang pagtanggap sa babae, at ng mahabaging paraan ng pagtanggap na nais Niyang siya nilang gawin sa nasa gayong kapighatian, gaya ng sumunod na pagtugon Niya at pagkakaloob ng hinihiling nito.

Subali't bagaman hindi sumagot si Jesus, hindi naman nawalan ng pag-asa ang babae. Sa pagtuloy na paglakad ni Jesus, na para bagang hindi Niya ito naririnig, ito'y sumunod sa Kaniya, na patuloy

sa pakikiusap. Sa pagkayamot ng mga alagad sa walang-tigil na kadadaing nito, hiniling nila kay Jesus na ito'y paalisin na. Nakita nilang hindi ito pinansin ng kanilang Panginoon, kaya nga inakala nilang ikinalulugod Niya at sinasang-ayunan ang di-mabuting pagtingin ng mga Hudyo sa mga Cananeo. Nguni't ang pinamamanhikan ng babae ay isang mahahabaging Tagapagligtas, at bilang tugon sa kahilingan ng mga alagad, ay sinabi ni Jesus, "Hindi Ako sinugo kundi sa mga tupang nangaligaw sa bahay ni Israel." Bagama't ang sagot na ito ay parang pagsang-ayon sa di-mabuting pagtingin ng mga Hudyo, isa naman itong sumbat sa mga alagad na sa dakong huli'y naunawaan nilang isang pagpapagunita sa kanila ng bagay na madalas Niyang sabihin sa kanilana Siya'y naparito sa sanlibutan
[569] upang iligtas ang lahat ng tatanggap sa Kaniya.

Nagpilit ang babae sa kaniyang masidhing pamanhik, na nanikluhod sa paanan ni Kristo, at umiiyak na nagwika, "Panginoon, tulungan Mo ako." Si Jesus na nanatili pa ring parang tumatanggi sa kaniyang mga pakiusap, at waring umaayon sa di-mabuting damdamin ng mga Hudyo, ay sumagot, "Hindi marapat na kunin ang tinapay sa mga anak, at itapon sa mga aso." Katumbas ito ng pagsasabing hindi matwid ipamahagi sa ibang mga tao at sa mga tagaibang-bayan ang mga pagpapalang ibinibigay sa itinatanging bayan ng Diyos. Ang sagot na ito ay dapat na sanang ganap na pumatay sa pag-asa ng sinumang masigasig na nakikiusap. Datapwa't nakasilip ang babae ng isang pagkakataon. Sa ilalim ng wari'y pagtanggi ni Jesus, ay nahiwatigan ng babae ang pagkaawang hindi Niya maikubli. "Totoo nga, Panginoon," sagot niya, "nguni't ang mga aso man ay nagsisikain ng mga mumo na nangalalaglag mula sa dulang ng kanilang mga panginoon." Habang ang mga anak ng sambahayan ay kumakain sa dulang ng mag-anak, ang mga aso man naman ay hindi pinababayaang di-pinakakain. May karapatan sila sa mga mumong nahuhulog mula sa dulang. Kaya sapagka't maraming pagpapala ang ibinibigay sa Israel, wala ba naman kayang isa mang pagpapala para sa kaniya? Ang tingin sa kaniya ay isang aso, at wala kaya siyang karapatan ng isang aso sa mga mumong nahuhulog mula sa masaganang pagpapala ni Jesus?

Kaaalis pa lamang ni Jesus sa Kaniyang bukiran ng paggawa dahil sa pinagtatangkaan ng mga eskriba at mga Pariseo ang Kaniyang buhay. Sila'y nagbubulung-bulongan at nagrereklamo.

Nagpakita sila ng kawalang-pananampalataya at ng pagkagalit, at tinanggihan nila ang kaligtasang iniaalok sa kanila nang buong laya. Sa dakong ito ay nakatagpo ni Kristo ang isang buhat sa isang lahing sawimpalad at hinahamak, na hindi nabiyayaan ng liwanag ng salita ng Diyos; gayon pa man ang babae'y kagyat na napasakop sa banal na impluwensiya sa kakayahan Niyang maibigay ang hinihiling nito. [570] Nanghihingi ito ng mga mumong nahuhulog mula sa dulang ng Panginoon. Kung bibigyan ito ng karapatan ng isang aso, handa itong patawag ng isang aso. Ang babae'y hindi nagtataglay ng anumang masamang damdamin laban sa hindi nito kalahi o sa hindi nito karelihiyon, ni wala ring pagmamataas na makakaimpluwensiya sa anumang hakbang na nais nitong gawin, at kaya nga karaka-raka nitong kinilala si Jesus bilang Manunubos, at may kakayahang gumawa ng lahat nitong hinihiling sa Kaniya.

Nasiyahan ang Tagapagligtas. Nasubok Niya ang pananampalataya ng babae sa Kaniya. Sa pamamagitan ng Kaniyang mga pakikitungo rito, ay ipinakilala Niyang ang itinuturing na itinapon ng Israel ay hindi na tagaibanglupa, kundi isang anak sa sambahayan ng Diyos. Bilang isang anak ay karapatan nito na makibahagi sa mga kaloob ng Ama. Ipinagkaloob ngayon ni Kristo ang hinihiling nito, at tinapos ang mga aral sa mga alagad. Binalingan Niya ang babae at tinitigan nang may pagkahabag at pagmamahal, at sinabi, "Oh babae, kaylaki ng iyong pananampalataya: mangyari sa iyo ang ayon sa ibig mo." Nang oras ding yaon ay gumaling ang anak na babae nito. Hindi na iyon binagabag pa ng demonyo. Umalis ang babae, na kinikilala ang Tagapagligtas niya, at naliligayahan sa pagkakatugon sa kaniyang panalangin.

Ito lamang ang kababalaghang ginawa ni Jesus sa paglalakbay na ito. Kaya Siya nagtungo sa mga hangganan ng Tiro at Sidon ay upang gawin lamang ang kababalaghang ito. Nais Niyang lunasan ang kadalamhatian ng babae, at kaalinsabay nito'y mag-iwan pa rin ng isang halimbawa ng Kaniyang gawain ng kahabagan sa isa na kabilang sa mga taong hinahamak upang pamarisan ng Kaniyang mga alagad pagka Siya'y hindi na nila kasama. Nais Niyang alisin nila ang kanilang pagkamakasarili at sila'y magkaroon ng pagmamalasakit na gumawa sa mga iba na hindi nila kalahi. [571]

Hangad ni Jesus na ihayag ang malalalim na hiwaga ng katotohanan na napatago sa loob ng mga panahon, na ang mga Hentil

ay magiging mga kasamang tagapagmana ng mga Hudyo, at "mga may bahagi sa pangako na kay Kristo Jesus sa pamamagitan ng ebanghelyo." Efeso 3:6. Ang katotohanang ito ay hindi kaagad natutuhan ng mga alagad, at paulit-ulit silang tinuruan ng banal na Guro ng aral na ito. Nang gantimpalaan Niya ang pananampalataya ng senturyon sa Capernaum, at ipangaral ang ebanghelyo sa mga tao ng Sicar, ay maliwanag na Niyang ipinakilala na hindi Siya nakikiisa sa kahigpitan ng mga Hudyo. Nguni't ang mga Samaritano naman ay may kaunting pagkakilala sa Diyos; at ang senturyon ay nagpakita ng kagandahang-loob sa Israel. Ngayon ay inilapit ni Jesus ang mga alagad sa isang babaing pagano, na itinuturing nilang walang dahilan upang umasam ng paglingap sa Kaniya. Ninais Niyang bigyan sila ng halimbawa ng kung paano dapat pakitunguhan ang isang ganitong tao. Inakala ng mga alagad na totoong labis-labis naman ang pagkakaloob Niya ng Kaniyang biyaya. Nais Niyang ipakilala na ang Kaniyang pag-ibig ay hindi nahahangganan ng lahi o bansa.

Nang sabihin Niyang, "Hindi Ako sinugo kundi sa mga tupang nangaligaw sa bahay ni Israel, " ay katotohanan ang Kaniyang sinabi, at ang ginawa Niya sa babaing Cananea ay pagtupad lamang sa itinagubilin sa Kaniya. Ang babaing ito ay isa sa mga tupang nawawala na dapat hanapin at iligtas ng Israel. Ang gawaing ginagawa ni Kristo, ay siyang gawaing itinakda sa kanila, na kanila namang pinabayaan.

Ang ginawang ito ni Jesus ay siyang nagmulat sa isip ng mga alagad nang lalong lubos sa gawaing kinakaharap nila sa gitna ng mga Hentil. Nakita nila sa labas ng Judea ang isang malawak na gawaing mapaglilingkuran nila. Nakita nila ang mga taong nagbabata ng mga kadalamhatiang hindi dinaranas ng mga mariwasa.
[572] Kabilang sa mga taong itinuro sa kanila na hamakin nila ay ang mga kaluluwang humihingi ng tulong sa dakilang Manggagamot, na mga nauuhaw sa liwanag ng katotohanan, na buong kasaganaang ipinagkaloob sa mga Hudyo.

Sa dakong huli, nang patuloy pa rin ang mga Hudyo sa mapilit na paglayo sa mga alagad, dahil sa si Jesus ay itinatanyag nilang siyang Tagapagligtas ng sanlibutan, at nang tuluyan nang gumuho ang pader na naghihiwalay sa mga Hudyo at sa mga Hentil sa pamamagitan ng pagkamatay ni Kristo, ang aral na ito, at ang iba pang katulad

din nito na nagtuturo na ang gawain ng ebanghelyo ay lalaganap na di-mahahadlagan ng kaugalian o ng lahi man, ay nagkaroon ng malakas na impluwensiya sa mga kinatawan o mga sugo ni Kristo, sa kanilang mga paggawa at paglilingkod.

Ang pagdalaw ng Tagapagligtas sa Fenecia at ang kababalaghang ginawa Niya roon ay may lalo pang malawak na layunin. Ang gawaing dito'y ginawa ay hindi lamang sa kapakinabangan ng babaing nasa kadalamhatian, ni sa kapakinabangan man ng Kaniyang mga alagad at ng mga nagsitanggap ng kanilang paglilingkod; kundi "upang kayo'y magsisampalataya na si Jesus ay ang Kristo, ang Anak ng Diyos; at sa inyong pagsampalataya ay magkaroon kayo ng buhay sa Kaniyang pangalan." Juan 20:31. Ang mga bagay ring iyon na nakahadlang sa mga tao sa paglapit kay Kristo may labingsiyam na dantaon na ngayon ang nakaraan ay gumagawa pa rin ngayon. Ang espiritu o diwang nagtayo ng pader na naghihiwalay sa Hudyo at sa Hentil ay umiiral pa rin. Ang pagmamataas at di-mabuting damdamin ay nakapagtayo ng matitibay na pader ng naghihiwalay sa iba't ibang uri ng mga tao. Si Kristo at ang Kaniyang misyon ay binigyan ng masamang pangalan, at di-mabilang na karamihan ang nakadarama na sila'y sadyang hindi na dapat maglingkod pa sa ebanghelyo. Gayunma'y huwag ninyong tulutang madama nila na sila'y mga nahiwalay na kay Kristo. [573]
Walang pader na maitatayo ng sinumang tao o ni Satanas man na di mapaglalagusanan ng pananampalataya.

Sa pananampalataya ay nagdumapa ang babaing tagaFenecia laban sa mga hadlang na nakatindig sa pagitan ng Hudyo at ng Hentil. Nagtiwala siya sa pag-ibig ng Tagapagligtas at hindi siya nanlupaypay, kahit na anumang mga pangyayari ang maaaring nakaakay sana sa kaniya na mag-alinlangan. Ganyan ang nais ni Kristong maging pagtitiwala natin sa Kaniya. Ang mga pagpapala ng kaligtasan ay ukol sa bawa't kaluluwa. Maling pagpili lamang ng tao ang makahahadlang sa kaniya upang hindi niya matanggap ang pangako ni Kristo sa pamamagitan ng ebanghelyo.

Ang pagtatangi-tangi ng tao ay kinapopootan ng Diyos. Hindi Niya pinapansin ang lahat ng may ganitong uri. Sa Kaniyang paningin ay may magkakapantay na halaga ang lahat ng mga tao. "Ginawa Niya sa isa ang bawa't bansa ng mga tao upang magsipanahan sa balat ng buong lupa, at itinakda ang kanilang talagang ayos

ng mga kapanahunan, at ang mga hangganan ng kanilang tahanan; upang kanilang hanapin ang Diyos, baka sakaling maapuhap nila Siya, at Siya'y masumpungan, bagaman hindi Siya malayo sa bawa't isa sa atin." Lahat ay inaanyayahang lumapit sa Kaniya at mabuhay, maging anuman ang gulang, o katungkulan, o kapamayanan, o relihiyong kinaaaniban. "Sinumang sumasampalataya sa Kaniya ay hindi mapapahiya. Sapagka't walang pagkakaiba." "Walang Hudyo o Griego man, walang alipin o malaya man." "Ang mayaman at ang dukha ay nagkasalubong kapwa: ang Panginoon ay Maylalang sa kanilang lahat." "Ang Panginoon din ay siyang Panginoon ng lahat at mayaman Siya sa lahat ng sa Kaniya'y nagsisitawag. Sapagka't ang lahat na nagsisitawag sa pangalan ng Panginoon ay mangaliligtas."
[574] Mga Gawa 17:26,27; Galacia 3:28; Kawikaan 22:2; Roma 10:11-13.

# Kabanata 44—Ang Tunay na Tanda

Ang kabanatang ito ay batay sa Mateo 15:29-39; 16:1-12; Marcos 7:31-37; 8:1-21.

"Siya'y muling umalis sa mga hangganan ng Tiro, at napasa Sidon hanggang sa Dagat ng Galilea, na Kaniyang tinahak ang mga hangganan ng Decapolis." Marcos 7:31.

Sa dakong ito ng Decapolis pinagaling ang mga inaalihan ng demonyong mula sa Gergesa. Dito pinilit ng mga tao na paalisin si Jesus, dahil sa kanilang pagkabahala sa sa pagkalipol na nangyari sa mga baboy. Nguni't sila'y nagsipakinig sa mga tagapagbalitang iniwan Niya, at ito'y gumising ng pagnanasa na makipagkita sa Kaniya. Nang Siya nga'y bumalik sa pook na iyon, ay isang lipumpon ng mga tao ang nagkatipon sa palibot Niya, at isang lalaking bingi at utal ang inilapit sa Kaniya. Ito ay pinagaling ni Jesus, hindi ayon sa Kaniyang kaugalian, na sa pamamagitan lamang ng salita. Inihiwalay niya ito sa karamihan, ipinasok Niya ang Kaniyang mga daliri sa tainga nito, at ang dila nito ay hinipo; pagtingala Niya sa langit, ay napabuntunghininga Siya nang sumagi sa Kaniyang isip ang mga taingang nakapinid sa katotohanan, at ang mga dilang ayaw kumilala sa Manunubos. Sa katagang, "Mabuksan ka," ay muling nakapagsalita ang tao, at, hindi nito pinansin ang utos sa kaniya na huwag iyong sasabihin kaninuman, kundi ibinalita nito ang kasaysayan ng pagkakapagpagaling sa kaniya. [575]

Umahon si Jesus sa isang bundok, at doo'y sinundan Siya ng karamihan, na dala ang kanilang mga maysakit at mga pilay, at inilagay sa Kaniyang paanan. Pinagaling Niya silang lahat; at ang mga taong hindi nakakakilala sa tunay na Diyos, ay nagsiluwalhati sa Diyos ng Israel. Sa loob ng tatlong araw ay patuloy silang nagsidagsa sa palibot ng Tagapagligtas, na natutulog kung gabi sa silong ng bukas na langit, at kung araw naman ay sabik na nakikipagsiksikan upang makarinig ng mga salita ni Kristo, at upang makakita ng Kaniyang mga gawa. Pakaraan ng tatlong araw naubos na ang

kanilang pagkain. Ayaw silang paalisin ni Jesus nang nagugutom, kaya tinawag Niya ang Kaniyang mga alagad upang bigyan sila ng pagkain. Ipinakita na naman ng mga alagad ang kanilang kawalan ng pananampalataya. Sa Bethsaida ay nakita nila kung paanong sa pamamagitan ng pagpapala ni Kristo, ang kaunti nilang pagkain ay nagkasiya sa karamihan; nguni't ngayon ay hindi nila inilabas ang lahat, sukat na sila'y nagtitiwala sa kapangyarihan Niya na maparami ito para sa nagugutom na karamihn. Bukod dito, ang mga pinakain Niya sa Bethsaida ay mga Hudyo; ang mga ito ay mga Hentil at mga hindi nakakakilala sa tunay na Diyos. Ang maling-paniniwala ng mga Hudyo ay malakas pa ring nakaiiral sa puso ng mga alagad, at kaya ng sila'y nagsisagot kay Jesus, "Paanong mabubusog ninuman ang mga taong ito ng tinapay dito sa isang ilang na dako?" Datapwa't palibhasa'y masunurin sila sa Kaniyang salita kaya dinala nila sa Kaniya ang nasa kanila—pitong tinapay at dalawang isda. Ang karamihan ay nagsikain at nangabusog, at may lumabis pang pitong bakol na puno. Pinangabusog at sila'y pinauwi ni Jesus na masasaya ang puso at nagpapasalamat.

Pagkatapos ay lumulan Siya sa isang daong na kasama ang Kaniyang mga alagad, at tumawid ng dagat patungong Magdala, sa dakong timog ng kapatagan ng Genesaret. Sa hangganan ng
[576] Tiro at Sidon ay guminhawa ang diwa Niya dahil sa malinis na pagtitiwala ng babaing Sirofenesia. Ang mga taong taga-Deeapolis na walang pagkakilala sa tunay na Diyos ay tinanggap Siya nang buong kagalakan. Ngayon nang lumunsad Siyang muli sa Galilea, na doon buong kagila-gilalas na nahayag ang Kaniyang kapangyarihan, na doon Niya ginawa ang marami sa Kaniyang mga gawa ng kahabagan, at ibinigay ang Kaniyang mga aral, ay sinalubong Siya ng mapanghamak na kawalan-ng-paniniwala.

Isang pulutong ng mga isinugong Pariseo ang nakisama sa mga kinatawan ng mayayaman at mga mapagmarangyang Saduceo, na siyang partido ng mga saserdote, at siyang mga di-naniniwala at mga aristokrata ng bansa. Ang dalawang sekta o pangkating ito ay mahigpit na nagkakagalit. Ang mga Saduceo ay nanunuyo sa mga nasa kayangyarihan upang makapanatili sila sa kanilang katungkulan at sa pagkamaykapangyarihan. Sa kabilang dako naman, pinayabang at pinapag-apoy ng mga Pariseo ang pagkapoot ng mga mamamayan sa mga Romano, at minithing dumating na sana ang panahong

makalalaya na sila sa pamatok ng mga gumapi sa kanila. Nguni't ngayo'y kapwa nagkaisa ang mga Pariseo at mga Saduceo labay kay Kristo. Hinahanap ng masama ang kapwa masama; at saanman ito umiiral, ito'y laging nakikiisa at nakikisama sa kapwa masama upang lipulin ang mabuti.

Ngayo'y lumapit kay Kristo ang mga Pariseo at mga Saduceo, na humihingi ng isang tanda buhat sa langit. Noong mga kaarawan ni Josue nang ang Israel ay makipagbaka sa mga Cananeo sa Beth-horon, an garaw ay tumigit sa utos ng pangulo hanggang sa matamo ang tagumpay; at maraming ganyang kababalaghan ang ipinakitang nakatala sa kanilang kasaysayan. Ang gayong tanda ang hiningi nila kay Jesus. Datapwa't hindi ang mga tandang ito ang kailangan ng mga Hudyo. Ang isang tandang panlabas lamang ay di-makatutulong sa kanila. Ang kailangan nila ay hindi liwanag na pangkaisipan, [577]
kundi pagbabagong ukol sa espiritu.

"Oh kayong mga mapagpaimbabaw," wika ni Jesus, "kayo'y marurunong magsikilala ng anyo ng langit,"—sa pamamagitan ng pag-aaral ng anyo ng langit ay nahuhulaan nila ang lagay ng panahon,—"nguni't hindi ba ninyo nakikilala ang mga tanda ng panahon?" Ang sariling mga salita ni Kristo, na binigkas na taglay ang kapangyarihan ng Espiritu Santo na sumumbat sa kanilang kasalanan, ay siyang mga tandang ibinigay ng Diyos para sa kanilang ikaliligtas. At ang mga tandang tuwirang nagbubuhat sa langit ay ibinigay din naman upang patunayan ang misyon ni Kristo. Ang awit ng mga anghel sa mga pastor ng tupa, ang tala o bituing pumatnubay sa mga taong pantas, ang kalapati at ang tinig na buhat sa langit noong Siya'y binyagan, ay pawang mga sumaksi ukol sa Kaniya.

"At nagbuntunghininga Siya nang malalim sa Kaniyang espiritu, at nagsabi, Bakit humahanap ng tanda ang lahing ito?" "Hindi niya bibigyan ng anumang tanda, kundi ang tanda ni propeta Jonas." Kung paanong si Jonas ay tatlong araw at tatlong gabi sa tiyan ng balyena, gayundin naman tatagal si Kristo "sa puso ng lupa." At kung paanong ang pangangaral ni Jonas ay naging isang tanda sa mga taga-Nineve, gayundin naman ang pangangaral ni Kristo ay naging isang tanda sa Kaniyang panahon o salinglahi. Subali't kaylaking pagkakaiba sa ginawang pagtanggap sa salita! Ang mga mamamayan ng malaking siyudad ng mga di-nakakakilala sa tunay na Diyos ay nagsipanginig nang kanilang marinig ang babalang buhat sa Diyos. Ang mga hari

at mga mahal na tao ay nangagpakababa; ang marangal at mababa ay sama-samang dumaing sa Diyos ng langit, at inilawit naman Niya ang Kaniyang awa sa kanila. "Magsisitayo sa paghuhukom sa mga tao sa Nineve na kasama ng lahing ito," winika ni Kristo, "at ito'y
[578] hahatulan: sapagka't sila'y nagsipagsisi sa panga- ngaral ni Jonas;
[579] at, narito, dito'y may isang lalong dakila kaysa kay Jonas." Mateo 12:40, 41.

Bawa't kababalaghang ginawa ni Kristo ay isang tanda ng Kaniyang pagka-Diyos. Ginawa Niya ang gawain mismong siyang hinulaang gagawin ng Mesiyas; nguni't sa ganang mga Pariseo ang mga gawang ito ng kahabagan ay tiyakang kamuhi-muhi. Walang kabuluhan sa mga pinunong Hudyo ang mga kahirapang tinitiis ng mga tao. Sa maraming pangyayari ang kanilang kasakiman at panlulupig ay naging sanhi ng kadalamhatiang nilunasan ni Kristo. Kaya nga ang mga kababalaghang ginawa Niya ay pawang naging sumbat sa kanila.

Yaong bagay na umakay sa mga Hudyo na tanggihan ang gawain ng Tagapagligtas ay siyang pinakamataas na katibayan ng Kaniyang likas na pagka-Diyos. Ang pinakadakilang kahulugan ng Kaniyang mga kababalaghan ay napagkikilala sa katotohanan na ang mga ito ay maging pagpapala sa mga tao. Ang pinakamataas na katunayang Siya'y nagbuhat sa Diyos ay ang pagkakahayag sa Kaniyang buhay ng likas ng Diyos. Ginawa Niya ang mga gawain ng Diyos at sinalita Niya ang mga salita ng Diyos. Ang gayong kabuhayan ay siyang pinakadakila sa lahat ng mga kababalaghan.

Kapag sa kapanahunan natin ay inihaharap ang pabalita ng katotohanan, marami ang tulad ng mga Hudyo noong una, na sumisigaw, Magpakita kayo sa amin ng tanda. Gumawa kayo sa amin ng kababalaghan. Si Kristo ay hindi gumawa ng kababalaghan nang humingi ang mga Pariseo. Hindi Siya gumawa ng kababalaghan sa ilang bilang tugon sa mga pamamarali ni Satanas. Hindi Siya nagbibigay sa atin ng kapangyarihan upang itanyag ang ating mga sarili o kaya'y upang bigyang-kasiyahan ang mga dinaniniwala at mayayabang. Datapwa't ang ebanghelyo ay talagang may tandang ito'y buhat sa Diyos. Hindi ba isang kababalaghan na tayo'y nakawawala sa pang-aalipin ni Satanas? Ang pakikipagalit laban kay Satanas ay
[580] hindi li- kas sa puso ng tao; ito ay itinatanim ng biyaya ng Diyos. Pagka ang isang taong laging supil ng isang matigas at masamang

kalooban ay lumalaya, at buong-pusong napasasakop sa panghihikayat ng mga kinakasangkapan ng Diyos, ay isang kababalaghan ang nangyayari; gayundin ang nangyayari sa isang taong dati'y daig-daigan ng matitinding tukso nguni't ngayo'y nakakaunawa ng katotohanang moral. Sa tuwing ang isang tao ay nahihikayat, at natututong umibig sa Diyos at gumanap ng Kaniyang mga utos, ay natutupad ang pangako ng Diyos na, "Bibigyan Ko rin naman kayo ng bagong puso, at lalagyan Ko ang loob ninyo ng bagong diwa." Ezekiel 36:26. Ang pagbabagong nagaganap sa puso ng mga tao, at ang pagbabago ng kanilang mga likas, ay isang kababalaghang naghahayag na may isang laging-buhay na Tagapagligtas, na gumagawa upang magligtas ng mga kaluluwa. Ang isang tapat at malinis na kabuhayan kay Kristo ay isang malaking kababalaghan. Sa pangangaral ng salita ng Diyos, ang tandang dapat mahayag ngayon at palagi ay ang pakikisama ng Espiritu Santo, upang ang salita ay gawing isang gumagawang kapangyarihan sa mga nagsisipakinig. Ito ang patotoo ng Diyos sa harap ng sanlibutan sa banal na misyon ng Kaniyang Anak.

Ang mga nagsihingi ng tanda kay Jesus ay nagpatigas nang gayon na lamang ng kanilang mga puso sa di-paniniwala na anupa't hindi nila nakita sa Kaniyang likas ang wangis ng Diyos. Hindi nila ibig makita na ang Kaniyang misyon ay siyang katuparan ng mga Kasulatan. Sa talinhaga tungkol sa taong mayaman at kay Lazaro, ay sinabi ni Jesus sa mga Pariseo, "Kung di nila pinakinggan si Moises at ang mga propeta, ay di rin mangahihikayat sila, kahit ang isa'y magbangon sa mga patay." Lukas 16: 31. Walang tandang maibibigay sa langit o sa lupa na pakikinabangan nila.

Si Jesus ay "nagbuntunghininga ng malalim sa Kaniyang espiritu," at, pagkatalikod sa pulutong ng mga mangungutya, ay muling [581]
lumulan sa daong na kasama ang Kaniyang mga alagad. Tahimik nguni't malungkot na tinawid nilang muli ang dagat. Gayunman, hindi na sila nagbalik pa sa dakong kanilang pinanggalingan, kundi tuwiran nilang tinungo ang Bethsaida, malapit sa pook na doon pinakain ang limang libo. Nang sapitin nila ang kabilang ibayo, ay nagwika si Jesus, "Kayo'y mangagingat at magsipangilag sa lebadura ng mga Pariseo at mga Saduceo." Nakaugalian na ng mga Hudyo buhat pa noong mga araw ni Moises na alisin sa kanilang mga bahay ang lebadura sa panahon ng Paskuwa, at sa ganitong paraan

sila'y tinuruang iyon ay ituring na parang isang uri ng kasalanan. Gayunma'y hindi pa rin naunawaan si Jesus ng Kaniyang mga alagad. Dahil sa biglaan nilang pag-alis sa Magdala ay nalimutan nilang magdala ng tinapay, at iisa lamang tinapay ang taglay nila. Ang pangyayaring ito ang inakala nilang siyang tinutukoy ni Kristo, na binababalaan silang huwag bibili ng tinapay ng isang Pariseo o ng isang Saduceo. Ang kakulangan nila ng pananampalataya at ng pang-unawang espirituwal ay siyang madalas maghantong sa kanila sa gayunding di-pagkaunawa ng Kaniyang mga salita. Ngayo'y sinuwatan sila ni Je sus sa pag-aakala nilang ang tinutukoy Niya, Siya na nagpakain ng mga libu-libo sa pamamagitan ng ilang isda at ilang tinapay, ay ang pagkaing bumubusog sa tiyan. May panganib na ang mapanlinlang na pangangatwiran ng mga Pariseo at mga Saduceo ay makapagpasok ng di-paniniwala sa Kaniyang mga alagad, at sa ganito'y ituring nilang walang-halaga ang mga gawa ni Kristo.

Ipinalalagay ng mga alagad na ang Panginoon nila'y dapat sanang nagpaunlak sa kahilingang Siya'y magpakita ng isang tanda sa mga langit. Naniniwala silang kayang-kaya Niya itong gawin, at ang isang gayong tanda ay magpapatahimik na sa Kaniyang mga kaaway. Hindi nila nahiwatigan ang pagpapaimbabaw o pagkukunwari
[582] ng mga palatutol na ito.

Pagkaraan ng ilang buwan, "samantalang nangagkakatipon ang libu-libong tao, na anupa't nagkakayapakan sila-sila," ay inulit ni Jesus ang turong ito. "Nagpasimula Siyang magsalita muna sa Kaniyang mga alagad, Mangagingat kayo sa lebadura ng mga Pariseo, na ito'y pagpapaimbabaw nga." Lukas 12:1.

Ang lebadurang inihahalo sa harina ay nagpapaalsa nang dinakikita, at ang buong limpak ay nagiging katulad na ng lebadura. Ganyan din ang nangyayari kapag ang pagpapaimbabaw ay pinahihintulutang mabuhay at makairal sa puso, tinitigmak nito ang likas at ang kabuhayan. Ang isang matinding halimbawa ng pagpapaimbabaw ng mga Pariseo ay isinuwat na ni Kristo nang tuligsain Niya sila sa pagsasagawa ng tinatawag na "Corban," na sa pamamagitan nito ang hindi nila pagtupad ng tungkulin sa mga magulang ay natatakpan ng pagkukunwaring pagiging mapagbigay sa kapakanan ng templo. Ang mga eskriba at mga Pariseo ay nagtuturo ng madadayang mga simulain. Ipinaglilihim nila ang tunay na nilalayon ng kanilang mga aral, at pinagbubuti sa bawa't pagkakataon na mai-

tanim ang mga ito nang buong katalinuhan sa pag-iisip ng mga nagsisipakinig. Ang mga di-tunay na simulaing ito, pagka tinanggap na, ay gumagawang gaya ng lebadura sa masang harina, na tinitigmak at binabago ang likas. Ang mapandayang aral na ito ang siyang dahilan kung bakit nahirapan ang mga tao na tanggapin ang mga salita ni Kristo.

Ang ganito ring mga impluwensiya ay gumagawa ngayon sa pamamagitan ng mga nagsisikap na ipaliwanag ang kautusan ng Diyos sa isang paraang makakaayon iyon ng kanilang mga ginagawa. Ang uri ng mga taong ito ay hindi lantarang lumalaban sa kautusan, subali't nagpapahayag sila ng mga kuru-kurong nagpapahina sa mga simulain nito. Ang paliwanag nila tungkol sa kautusan ay sumisira sa lakas at bisa nito. [583]

Ang pagpapaimbabaw ng mga Pariseo ay bunga ng pagtataas nila sa sarili. Ang ikaluluwalhati ng kanilang mga sarili ay siyang pakay ng kanilang mga kabuhayan. Ito ang umakay sa kanila upang pilipitin at ilihis ang mga Kasulatan, at bumulag sa kanila kung kaya hindi nila nakita ang layunin ng misyon ni Kristo. Ang masamang paglilihim na ito ay nanganib ding kimkim-kimkimin maging ng mga alagad ni Kristo. Ang mga nakikipanig sa mga alagad ni Jesus, nguni't hindi naman nag-iiwan ng lahat upang maging mga tunay Niyang alagad, ay nahibuan o naimpluwensiyahan nang malaki ng pangangatwiran ng mga Pariseo. Malimit ay nagtatalo ang loob nila kung sila'y sasampalataya o hindi, at hindi nila nakita ang mga kayamanan ng karunungang natatago kay Kristo. Maging ang mga alagad man, na sa tingin ay waring nag-iwan na ng lahat alang-alang kay Jesus, sa puso nila'y hindi pa rin sila tumitigil sa pagmimithi ng mga dakilang bagay para sa kanilang mga sarili. Ang diwang ito ang pinagbuhatan ng pagtatalo tungkol sa kung sino sa kanila ang magiging pinakadakila. Ito ang lumagay sa pagitan nila at ni Kristo, na ginawa silang bahagya nang makiramay sa Kaniyang misyon ng pagpapakasakit sa sarili, at ginawa pa rin silang lubhang mabagal sa pag-unawa ng hiwaga ng katubusan. Kung paanong ang lebadura, pagka pinabayaang gumawa ng gawain nito, ay kinasasanhian ng pagkasira at pagkabulok, ay gayundin naman ang diwang makasarili, pagka inaruga sa kalooban, ay gumagawa ng ikarurungis at ikapapalungi ng kaluluwa.

Sa gitna ng mga sumusunod sa ating Panginoon ngayon, gaya rin nang una, kaylaganap nga ng tuso at mapandayang kasalanang ito! Kaydalas na ang paglilingkod natin kay Kristo, at ang pakikisama natin sa isa't isa, ay nadudungisan ng lihim na pagnanasang itaas ang sarili! Kaydaling mag-isip ng pagpuri sa sarili, at ang maglunggati na purihin din ng mga tao! Pag-ibig sa sarili, at ang paghahangad
[584] ng madali-daling paraan kaysa itinatakda ng Diyos ang nagiging dahilan kung kaya ang mga utos ng Diyos ay pinapalitan ng mga haka-haka ng mga tao. Sa sarili Niyang mga alagad ay binigkas ang nagbababalang pangungusap ni Kristo, "Kayo'y mangag-ingat at magsipangilag sa lebadura ng mga Pariseo."

Ang relihiyon ni Kristo ay ang pagkamatapat. Ang pagsusumikap para sa ikararangal ng Diyos ay siyang adhikaing itinatanim ng Espiritu Santo sa puso ng tao; at ang mabisang paggawa lamang ng Espiritu ang makapagtatanim ng adhikaing ito. Kapangyarihan lamang ng Diyos ang makapapawi ng pagkamakasarili at ng pagpapaimbabaw. Ang ganitong pagbabago ay tanda ng Kaniyang paggawa. Kapag ang pananampalatayang tinatanggap natin ay pumapatay ng kasakiman at pagkukunwari, kapag ito'y umaakay sa atin na hanapin ang ikaluluwalhati ng Diyos at hindi ang sariling atin, malalaman nga natin na ito'y natutumpak. "Ama, luwalhatiin Mo ang Iyong pangalan" (Juan 12:28), iyan ang diwa ng buhay ni Kristo, at kung susundan natin Siya, ito rin ang magiging diwa ng ating buhay, Inuutusan Niya tayong "lumakad, na gaya ng inilakad Niya," at "sa ganito'y nalalaman natin na Siya'y ating nakikilala, kung tinutupad natin ang Kaniyang mga utos." 1 Juan
[585] 2:6, 3.

## Kabanata 45—Ang Anino ng Krus

Ang kabanatang ito ay batay sa Mateo 16:13-28; Marcos 8:27-38; Lukas 19:18-27.

Matuling nagwawakas ang gawain ni Kristo sa lupa. Buhay na buhay na nakalatag sa harap Niya ang mga tanawing Kaniyang daraanan. Noon pa mang bago Siya nagkatawang-tao, ay nakita na Niya ang buong hinaba-haba ng landas na Kaniyang lalakbayin upang mailigtas ang mga nawawala. Bawa't subyang na nagpakirot ng Kaniyang puso, bawa't paghamak na ipinataw sa Kaniyang ulo, bawa't kawalang ipinabata sa Kaniya, ay inilantad na sa Kaniyang paningin bago pa man Niya isaisantabi ang Kaniyang putong at ang kagayakang-hari, at nanaog buhat sa trono, upang ibihis ang pagkatao sa Kaniyang pagkaDiyos. Ang landas mula sa pasabsaban hanggang sa Kalbaryo ay inilantad sa harap Niya. Batid Niya ang paghihirap na sasapitin Niya. Alam Niyang lahat ito, at gayon pa man ay sinabi Niya, "Narito, dumarating Ako: sa balumbon ng aklat ay nakasulat tungkol sa Akin, Aking kinalulugurang sundin ang Iyong kalooban, Oh Diyos Ko: oo, ang Iyong kautusan ay nasa loob ng Aking puso." Awit 40:7, 8.

Laging buhay sa paningin Niya ang bunga ng Kaniyang misyon. Ang buhay Niya sa lupa, na puno ng paggawa at pagpapakasakit, ay pinaligaya ng pag-asa na hindi mawawalan ng kabuluhan ang lahat Niyang paghihirap na ito. Sa pagbibigay Niya ng Kaniyang [586]
buhay sa ikatutubos ng buhay ng mga tao, ay mapababalik Niya ang sanlibutan sa pagtatapat nito sa Diyos. Bagama't dapat muna Niyang tanggapin ang bautismo ng dugo; bagama't ang mga kasalanan ng sanlibutan ay ipapapasan sa Kaniyang di-nagkasalang kaluluwa; at bagama't ang anino o lambong ng dimaipahayag na kapighatian ay nakalukob sa Kaniya; gayon pa man dahil sa kagalakang inilagay sa harapan Niya, ay pinili Niya ang magtiis ng krus, at hamakin ang kahihiyan.

Sa mga pinili Niyang kasama sa ministeryo ay nalilihim pa ang mga tanawing nakikita na Niya; nguni't malapit na ang panahong makikita na rin nila ang Kaniyang paghihirap. Makikita nila Siya na kanilang iniibig at pinagtiwalaan, na nabigay sa mga kamay ng Kaniyang mga kaaway, at ibinayubay sa krus ng Kalbaryo. Hindi na magtatagal at iiwan Niya sila upang sila naman ang makitalad sa sanlibutan nang wala ang umaaliw Niyang nakikitang pakikisama. Batid Niya kung paano sila uusigin ng matinding poot at di-paniniwala, at kaya nga nais Niyang ihanda sila sa mga pagsubok na sasapit sa kanila.

Dumating na ngayon si Jesus at ang mga alagad Niya sa isa sa mga bayang malapit sa Cesarea Filipo. Sila'y lampas na sa mga hangganan ng Galilea, sa isang pook na laganap ang pagsamba sa mga diyus-diyosan. Dito'y malayo na ang mga alagad sa sumusupil na impluwensiya ng Hudaismo, at nadala sa lalong malapit na pagkakaugnay sa pagsambang pagano. Nililigid sila ng mga anyo at ayos ng mga pamahiing laganap sa lahat ng dako ng sanlibutan. Ninais ni Jesus na ipakita sa kanila ang mga bagay na ito upang madama nila ang kanilang kapanagutan sa mga pagano o sa mga sumasamba sa di-tunay na diyos. Sa panahong itinigil Niya sa pook na ito, pinagsikapan Niyang itigil ang pagtuturo sa mga tao, at iukol ang buo Niyang panahon sa Kaniyang mga alagad.

[587] Sasabihin na sana Niya ang sasapitin Niyang paghihirap. Subali't inuna Niya muna ang umalis nang nag-iisa, at Siya'y nanalanging sana'y mahanda ang kanilang mga puso na tanggapin ang Kaniyang mga salita. Nang magbalik Siya sa kanila, hindi Niya agad sinabi ang ibig Niyang sabihin. Bago Niya gawin ito, binigyan Niya sila ng pagkakataong maipahayag ang kanilang pananampalataya sa Kaniya upang sila'y mapalakas at mapatibay sa dumarating na pagsubok. Siya'y nagtanong, "Ano baga ang sabi ng mga tao kung sino Ako na Anak ng tao?"

Buong kalungkutang napilitang aminin ng mga alagad na hindi nakilala ng Israel ang kanilang Mesiyas. Ang ilan ay tunay na nagsabing Siya ang Anak ni David, nang makita nila ang Kaniyang mga kababalaghang gawa. Ang karamihang pinakain sa Bethsaida ay naghangad na itanyag Siyang hari ng Israel. Marami naman ang handang tanggapin Siya bilang isang propeta; subali't hindi sila naniwalang Siya ang Mesiyas.

Ngayo'y iniukol naman ni Jesus ang ikalawang tanong sa mga alagad mismo: "Datapwa't ano ang sabi ninyo kung sino Ako?" Sumagot si Pedro, "Ikaw ang Kristo, ang Anak ng Diyos na buhay."

Buhat pa sa pasimula, naniwala na si Pedro na si Jesus ay siyang Mesiyas. Ang marami sa mga ibang naniwala sa pangangaral ni Juan Bautista, at tumanggap kay Kristo, ay nagpasimulang mag-alinlangan sa misyon ni Juan nang ito'y mabilanggo at pugutan ng ulo; at sila ngayo'y nagaalinlangan na ring si Jesus ay siyang Mesiyas, na napakaluwat na nilang hinihintay-hintay. Ang marami sa mga alagad na buong tuwang umasa na Siya ang uupo sa trono ni David ay iniwan Siya nang mahalata nilang wala Siyang gayong hangarin. Nguni't si Pedro at ang mga kasamahan niya ay hindi nagbago sa kanilang paniniwala. Ang pabagu-bagong paniniwala ng mga nagsipuri kahapon at nagsihatol ngayon ay hindi nakapagwasak sa pananampalataya ng tunay na tagasunod ng Tagapagligtas. Sinabi ni Pedro, "Ikaw ang Kristo, ang Anak ng Diyos na buhay." [588] Hindi niya hinintay na ang Panginoon niya ay putungan ng mga karangalang ukol sa hari, kundi tinanggap niya Siya sa Kaniyang pagpapakumbaba.

Ipinahayag ni Pedro ang pananampalataya ng Labindalawa. Gayon pa ma'y hinding-hindi pa rin maabot ng unawa ng mga alagad ang layunin ni Kristo. Ang pagsalungat at maling-pagpapaliwanag ng mga saserdote at mga pinunongbayan, kung hindi man nakapagpahiwalay sa kanila kay Kristo, ay nakagulo naman sa kanilang isip. Hindi nila nakitang malinaw ang kanilang lakad. Ang impluwensiya ng kanilang natutuhan sapul sa pagkabata, ang turo ng mga rabi, at ang kapangyarihan ng mga sali't saling sabi, ay nakakasagabal pa rin sa pagtingin nila sa katotohanan. Sa pana-panahon ay lumiwanag sa kanila ang mahahalagang sinag ng liwanag na nagbubuhat kay Jesus, gayunman ay madalas na natutulad pa rin sila sa mga taong kumakapa sa dilim. Nguni't nang araw na ito, ay namahinga sa kanila ang Espiritu Santo na may kapangyarihan, bago sila napaharap sa malaking pagsubok sa kanilang pananampalataya. Sandaling panahong nahiwalay ang kanilang mga mata sa "mga bagay na nangakikita," upang makita "ang mga bagay na hindi nangakikita." 2 Corinto 4:18. Sa ilalim ng bihis na pagkatao ay nakita nila ang kaluwalhatian ng Anak ng Diyos.

Sinagot ni Jesus si Pedro, na sinasabi, "Mapalad ka, Simon Bar-Jonas: sapagka't hindi ipinahayag sa iyo ito ng laman at dugo, kundi ng Aking Ama na nasa langit."

Ang katotohanang ipinagtapat ni Pedro ay siyang kinasasaligan ng pananampalataya ng tao. Ito yaong sinabi ni Kristo na rin na siyang buhay na walang-hangan. Nguni't ang pagkakaroon ng ganitong pagkakilala ay hindi dahilan upang magmapuri ang sarili. Ito'y inihayag kay Pedro hindi dahil sa siya'y marunong o mabuti kaysa iba. Sa sarili ng tao, ay di-kailanman niya magagawang makilala ang Diyos. "Mataas na gaya ng langit; anong iyong magagawa?
[589] malalim kaysa Sheol; anong iyong malalaman?" Job 11:8. Espiritu ng pagkukupkop lamang ang makapaghahayag sa atin ng malalalim na bagay ng Diyos, na "hindi nakita ng mata, ni narinig ng tainga, ni hindi pumasok sa puso ng tao." "Ang mga ito ay ipinahayag sa atin ng Diyos sa pamamagitan ng Espiritu: sapagka't nasisiyasat ng Espiritu ang lahat ng mga bagay, oo, ang malalalim na mga bagay ng Diyos." 1 Corinto 2:9, 10. "Ang lihim ng Panginoon ay nasa nangatatakot sa Kaniya;" at ang pangyayaring nakilala ni Pedro ang kaluwalhatian ni Kristo ay isang katunayan na siya'y "tinuruan ng Diyos." Awit 25: 14; Juan 6:45. Ah, tunay, "mapalad ka, Simon Bar-Jonas: sapagka't hindi ipinahayag sa iyo ito ng laman at dugo." Nagpatuloy si Jesus: "Sinasabi Ko naman sa iyo, Na ikaw ay Pedro, at sa ibabaw ng batong ito ay itatayo Ko ang Aking iglesya; at ang mga pintuan ng Hades ay hindi magsisipanaig laban sa kaniya." Ang salitang Pedro ay nangahulugang isang bato-isang gumugulong na batong maliit. Si Pedro ay hindi siyang malaking batong kinasasaligan ng iglesya. Ang mga pintuan ng Hades o impiyerno ay nanaig laban sa kaniya nang ikaila niya ang kaniyang Panginoon nang may kasamang panunumpa at panunungayaw. Ang iglesya ay itinayo sa ibabaw ng Isa na hinding-hindi mapananagumpayan ng mga pintuan ng impiyerno.

Mga dantaon pa bago isinilang ang Tagapagligtas ay dinaliri na ni Moises ang "Bato ng kaligtasan ng Israel." Inawit ng mang-aawit ang "Bato ng aking kalakasan." Sumulat naman si Isaias, "Ganito ang sabi ng Panginoong Diyos, Narito, Aking inilagay sa Siyon na pinakapatibayan ang isang bato, isang batong subok, isang mahalagang batong panulok, na may matibay na patibayan." Deuteronomio 32:4; Awit 62:7; Isaias 28:16. Si Pedro na rin, nang

sumulat siya sa udyok ng Espiritu, ay ikinapit ang hulang ito kay Jesus. Sinasabi niya, "Kung inyong napagkilala na ang Panginoon ay mapagbiyaya: na kayo'y magsilapit sa Kaniya, na isang batong buhay, na sa katotohana'y itinakwil ng mga tao, datapuwa't sa Diyos [590]
ay hirang, mahalaga, kayo rin naman, na gaya ng mga batong buhay, ay natatayong bahay na ukol sa espiritu." 1 Pedro 2:3-5.

"Sinuman ay hindi makapaglalagay ng ibang pinagsasaligan kundi ang nalalagay na, na ito'y si Kristo Jesus." 1 Corinto 3:11. "Sa ibabaw ng batong ito," wika ni Jesus, "ay itatayo Ko ang Aking iglesya." Sa harapan ng Diyos at ng lahat ng mga anghel sa langit, sa harap ng di-nakikitang hukbo ng impiyerno, ay itinayo ni Kristo ang Kaniyang iglesya sa ibabaw ng Batong buhay. Ang Batong iyon ay Siya na rin—ang sarili Niyang katawan, na dahil sa atin ay nasugatan at nabugbog. Laban sa iglesyang itinayo sa ibabaw ng ganitong pinagsasaligan, ay hindi makapananaig ang mga pintuan ng impiyerno.

Sa malas ay kayhina ng iglesya nang salitain ni Kristo ang mga katagang ito! Iilan pa lamang ang mga sumasampalataya, at laban sa mga ito itutuon ang buong kapangyarihan ng mga demonyo at ng masasamang tao; gayunman ay hindi sila dapat na mangatakot. Palibhasa'y nakatayo sa ibabaw ng Batong kanilang kalakasan, ay hindi sila magagapi.

Sa loob ng anim na libong taon, ay nagtibay kay Kristo ang pananampalataya. Sa loob ng anim na libong taon ay hinahampas ng mga baha at mga unos ng galit ni Satanas ang Bato ng ating kaligtasan; nguni't nakatayo pa rin ito na di-natitinag.

Ipinahayag ni Pedro ang katotohanan na siyang pinagsasaligan ng pananampalataya ng iglesya, at ngayo'y pinararangalan siya ni Jesus bilang kinatawan ng buong kapulungan ng mga sumasampalataya. Sinabi Niya, "Ibibigay Ko sa iyo ang mga susi ng kaharian ng langit: at anumang iyong talian sa lupa ay tatalian sa langit: at anumang iyong kalagan sa lupa ay kakalagan sa langit."

"Ang mga susi ng kaharian ng langit" ay ang mga salita ni Kristo. [591]
Lahat ng mga salita ng Banal na Kasulatan ay sa Kaniya, at pawang kasama rito. Ang mga salitang ito ay may kapangyarihang magbukas at magsara ng langit. Sinasabi ng mga ito ang mga kondisyon na doon nakabatay ang pagtanggap o pagtanggi sa mga tao. Sa ganitong paraan ang gawain ng mga nangangaral ng salita ng Diyos

ay nagiging isang samyo ng buhay sa ikabubuhay o kaya'y samyo ng kamatayan sa ikamamatay. Ang misyon nila ay nagbubunga nang walang-katapusan.

Ang gawain ng ebanghelyo ay hindi inihabilin ng Tagapagligtas kay Pedro lamang. Nang dakong huli, ang mga salitang sinabi kay Pedro, ay tuwiran Niyang inulit sa iglesya. At ganyan din ang diwa ng sinabi sa Labindalawa bilang kinatawan sila ng kapulungan ng mga sumasampalataya. Kung si Jesus ay nag-iwan ng anumang tanging kapangyarihan sa isa sa mga alagad nang higit sa mga iba, hindi sana natin sila madalas na matatagpuang nagtatalo tungkol sa kung sino ang pinakadakila. Kaipala'y napailalim na sila sa ninanais ng kanilang Panginoon, at iginalang ang isa na Kaniyang pinili.

Sa halip na si Kristo'y pumili ng isang magiging pangulo nila, ay ganito ang sinabi Niya sa mga alagad, "Kayo'y huwag patawag na Rabi;" "ni huwag kayong patawag na mga panginoon: sapagka't Iisa ang inyong Panginoon, samakatwid baga'y ang Kristo." Mateo 23:8, 10.

"Ang pangulo ng bawa't lalaki ay si Kristo." Ang Diyos, na naglagay ng lahat ng mga bagay sa ilalim ng talampakan ng Tagapagligtas, "ay pinagkalooban Siya na maging pangulo ng lahat ng mga bagay sa iglesya, na siyang katawan Niya, na kapuspusan Niyaong pumupuspos ng lahat sa lahat." 1 Corinto 11:3; Efeso 1:22, 23. Ang iglesya ay nakatayo kay Kristo bilang siyang patibayan nito; dapat itong sumunod kay Kristo bilang pangulo nito. Ito'y hindi dapat umasa sa tao, o dapat makontrol ng tao. Sinasabi ng marami na
[592] ang pagkakaroon ng mataas na katungkulan sa iglesya ay nagbibigay sa kanila ng kapangyarihang mag-utos sa mga iba kung ano ang kanilang paniniwalaan at kung ano ang kanilang gagawin. Ang ganitong pahayag ay hindi sinasang-ayunan ng Diyos. Sinasabi ng Tagapagligtas, "Kayong lahat ay magkakapatid." Lahat ay nalantad sa tukso, at malamang na magkamali. Walang taong maaasahan nating patnubay. Ang Bato ng pananampalataya ay siyang buhay na pakikisama ni Kristo sa iglesya. Dito maaaring umasa ang pinakamahina, at yaon namang nag-aakalang sila ang pinakamalakas ay mapatutunayang sila ang pinakamahihina, malibang gawin nila si Kristo na sapat sa kanila. "Sumpain ang tao na tumitiwala sa tao, at ginagawang laman ang kaniyang bisig." Ang Panginoon ay "Siya ang

Bato, ang Kaniyang gawa ay sakdal.” “Mapalad ang nagtitiwala sa Kaniya.” Jeremias 17:6; Deuteronomio 32:4; Awit 2:12.

Pagkatapos ng pahayag na ito ni Pedro, pinagbilinan ni Jesus ang mga alagad na huwag sabihin kanino man na Siya nga ang Kristo. Ibinigay ang ganitong bilin dahil sa mahigpit na banta ng mga eskriba at mga Pariseo. Bukod sa rito, ang mga tao, at pati na ang mga alagad, ay may dati nang maling pagkakilala sa Mesiyas na anupa’t ang hayagang pagtatanyag o pagpapakilala sa Kaniya ay walang ibibigay na tunay na pagkaunawa sa Kaniyang likas o sa Kaniyang gawain.

Inasahan pa rin ng mga alagad na si Kristo ay maghahari bilang isang prinsipe sa lupa. Bagama’t napakaIuwat na Niyang inililihim ang Kaniyang panukala, naniniwala naman silang hindi Siya laging mananatiling nasa kahirapan at di-kilala; hindi magtatagal at darating din ang panahong itatayo Niya ang Kaniyang kaharian. Na ang pagkamuhi ng mga saserdote at ng mga rabi ay di-kailanman magbabawa, na si Kristo ay itatakwil ng sarili Niyang bayan, na hahatulan bilang isang magdaraya, at ipapako sa krus na tulad sa isang tampalasan— ang ganitong isipan ay di-kailanman pumasok [593]
sa guniguni ng mga alagad. Nguni’t nalalapit na ang oras ng kapangyarihan ng kadiliman, at kailangan nang ihayag ni Jesus sa Kaniyang mga alagad ang labanang nasa unahan nila. Nalumbay Siya sa pagkagunita Niya sa darating na pagsubok.

Hanggang ngayon ay hindi pa Niya ipinaaalam sa kanila ang Kaniyang sasapiting mga paghihirap at kamatayan. Sa Kaniyang pakikipag-usap kay Nicodemo ay sinabi Niya, “Kung paanong itinaas ni Moises sa ilang ang ahas, ay gayon kinakailangang itaas ang Anak ng tao; upang ang sinumang sumampalataya sa Kaniya ay huwag mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang-hanggan.” Juan 3:14, 15. Nguni’t hindi narinig ng mga alagad ang pangungusap na ito, at narinig man nila, maaaring hindi rin nila maunawaan. Datapuwa’t ngayo’y nakasama na sila ni Jesus, na pinakikinggan ang Kaniyang mga salita, minamasdan ang Kaniyang mga ginagawa, hanggang, sa kabila ng kaabaan ng Kaniyang kapaligiran, at ng pagsalungat ng mga saserdote at mga tao, ay makiisa na sila sa pagpapatotoo ni Pedro na, “Ikaw ang Kristo, ang Anak ng Diyos na buhay.” Ngayo’y dumating na ang panahong dapat nang hawiin ang tabing na tumatakip sa hinaharap. “Mula nang panahong

yaon ay nagpasimulang ipinakilala ni Jesus sa Kaniyang mga alagad, na kinakailangang Siya'y pumaroon sa Jerusalem, at magbata ng maraming bagay sa matatanda at sa mga pangulong saserdote at sa mga eskriba, at Siya'y patayin, at muling ibangon sa ikatlong araw."

Umid palibhasa dahil sa lungkot at panggigilalas, nakinig ang mga alagad. Tinanggap ni Kristo ang pagkilala ni Pedro sa Kaniya na Siya nga ang Anak ng Diyos; at ngayon ang mga salita Niyang Siya'y magbabata at mamamatay ay waring hindi nila maunawaan. Hindi mapalagay si Pedro. Pinigilan niya ang kaniyang Panginoon,
[594] na para bagang pinauurong Ito sa nagbabantang kapahamakan Nito, at bumulalas, "Panginoon, malayo ito sa Iyo: kailanman ay hindi mangyayari ito sa Iyo."

Mahal ni Pedro ang kaniyang Panginoon; nguni't hindi pinaunlakan ni Jesus ang ipinamalas nitong malasakit na Siya'y huwag nang magbata. Ang mga pangungusap ni Pedro ay hindi nakapagdudulot ng tulong at aliw kay Jesus sa malaking pagsubok na nahaharap sa Kaniya. Ang mga iyon ay hindi naaayon sa panukala ng Diyos na biyaya sa isang nawaglit na sanlibutan, ni sa aral man ng pagpapakasakit sa sarili na siyang ipinarito ni Jesus upang ituro sa pamamagitan ng sarili Niyang halimbawa. Hindi ibig ni Pedrong makita ang krus sa gawain ni Kristo. Ang impresyong magagawa ng mga salita niya ay tuwirang laban sa nais ni Kristong maikintal sa pag-iisip ng Kaniyang mga tagasunod, at dahil dito'y napilitan ang Tagapagligtas na magsalita ng pinakamatinding pagsuwat na hindi pa kailanman namutawi sa Kaniyang mga labi nang una: "Lumagay ka sa likuran Ko, Satanas: ikaw ay tisod sa Akin: sapagka't hindi mo pinag-iisip ang mga bagay ng Diyos, kundi ang mga bagay ng mga tao."

Pinagsisikapan ni Satanas na papanghinain ang loob ni Jesus, at mapatalikod Siya sa Kaniyang misyon; at si Pedro, palibhasa'y binubulag ng pag-ibig, ay nagpahayag ng tinig ng tukso. Ang maygawa ng tukso ay ang prinsipe ng kasamaan. Ito ang nasa likod ng mapusok na pakiusap na yaon. Doon sa ilang, inialok ni Satanas kay Kristo ang pagpupuno sa buong sanlibutan sa kondisyong iiwan Niya ang landas ng pagpapakaaba at pagpapasakit. Ngayo'y iyan din ang tuksong inihaharap nito sa alagad ni Kristo. Sinisikap nitong maituon ang paningin ni Pedro sa kaluwalhatian ng buong lupa, upang hindi niya makita ang krus na siya namang nais ni

Jesus na kanyang makita. At sa pamamagitan ni Pedro, muli na namang iginigiit at ipinagpipilitan ni Satanas kay Jesus ang tukso. Nguni't hindi ito pinansin ng Tagapagligtas; ang iniisip Niya ay ang [595] ikabubuti ng Kaniyang alagad. Si Satanas ang lumagay sa pagitan ni Pedro at ng kaniyang Panginoon, upang ang puso ng alagad ay huwag maantig sa pangitain ng pagpapakahirap at pagpapakumbaba ni Kristo dahil sa kaniya. Ang mga salitang binigkas ni Kristo ay hindi iniukol kay Pedro, kundi sa isa na nagsisikap maihiwalay siya sa kaniyang Manunubos. "Lumagay ka sa likuran Ko, Satanas." Huwag ka nang lumagay sa pagitan Ko at ng Aking namamaling alagad. Bayaan mong magkaharap kami ni Pedro nang mukhaan, upang Aking maipakita sa kaniya ang hiwaga ng Aking pag-ibig.

Isang masaklap na aral iyon sa ganang kay Pedro, at isa na matagal bago niya natutuhan, na ang landas ni Kristo sa lupa ay nalalatagan ng paghihirap at pagpapakababa. Nangunti si Pedro na makiisa o makisama sa paghihirap ng kaniyang Panginoon. Nguni't ang pagpapala nito ay matututuhan niya sa init ng apoy ng hurno. Pagkaraan ng mahabang panahon, nang hukot na siya sa katandaan at kapagalan, ay sumulat siya, "Mga minamahal, huwag kayong mangagtaka tungkol sa mahigpit na pagsubok sa inyo na dumarating upang kayo'y subukin, na waring ang nangyayari sa inyo ay di-karaniwang bagay: kundi kayo'y mangagalak, sapagka't kayo'y mga karamay sa mga hirap ni Kristo; upang, sa pagkahayag ng Kaniyang kaluwalhatian, ay mangagalak kayo ng malabis na galak." 1 Pedro 4:12, 13.

Ipinaliwanag ngayon ni Jesus sa Kaniyang mga alagad na ang sarili Niyang kabuhayan ng pagpapakasakit ay isang halimbawa ng magiging kabuhayan nila. Pinalapit Niya sa palibot Niya ang mga alagad, at ang mga taong aali-aligid sa malapit, at Kaniyang sinabi, "Kung ang sinumang tao ay ibig sumunod sa Akin, ay tumanggi sa kaniyang sarili, at pasanin sa araw-araw ang kaniyang krus, at sumunod sa Akin." Ang krus ay kakambal ng kapangyarihan ng Roma. Ito ang kasangkapan sa pinakamalupit at pinakanakahi- [596] hiyang anyo ng pagkamatay. Ang lalong hamak sa mga salarin ay pinagpapasan ng krus hanggang sa dakong patayan; at madalas na pagka ipapasan na ito sa kanilang balikat, ay nanlalaban sila nang buong karahasan, hanggang sa sila'y mapasuko, at ang kasangkapan sa pagpapahirap ay itinatali sa kanila. Datapwa't ngayo'y inaatasan

ni Jesus ang mga sumusunod sa Kaniya na dalhin ang krus at ito'y pasaning kasunod Niya. Sa ganang mga alagad ang mga salita Niya, bagama't bahagya na nilang mapag-unawa, ay tumutukoy sa pagpapailalim nila sa pinakamapait na pagpapakababa— pagpapailalim hanggang sa kamatayan alang-alang kay Kristo. Wala nang lubos na pagpapasakop ng sarili na mailalarawan pa ang Tagapagligtas. Gayunman lahat ng ito ay tinanggap Niya dahil sa kanila. Ang langit ay hindi itinuring ni Jesus na kanais-nais samantalang tayo ay mga waglit. Ipinagpalit Niya ang mga palasyo sa langit sa isang kabuhayang kinukutya at hinahamak, at sa isang kahiya-hiyang kamatayan. Siya na mayaman sa walang-katumbas na kayamanan ng langit, ay nagpakadukha, upang sa pamamagitan ng Kaniyang karukhaan ay magsiyaman tayo. Dapat tayong sumunod sa landas na Kaniyang tinalunton.

Ang pag-ibig sa mga kaluluwang pinagkamatayan ni Kristo ay nangangahulugang pagpapako ng sarili sa krus. Dapat kilalanin mula ngayon ng isang anak ng Diyos na siya'y tulad sa isang kawing ng tanikala na inilawit upang iligtas ang sanlibutan, kaisa ni Kristo sa Kaniyang maawaing panukala, at lumalakad na kasama Niya upang hanapin at iligtas ang mga nawawala. Dapat laging madama ng Kristiyano na itinalaga na niya ang kaniyang sarili sa Diyos, at sa kaniyang likas ay dapat niyang ihayag o ipakita si Kristo sa sanlibutan. Ang pagpapakasakit sa sarili, ang pakikiramay, at ang pag-ibig, na nakita sa buhay ni Kristo ay siya ring dapat makita sa
[597] kabuhayan ng manggagawa ng Diyos.

"Ang sinumang mag-ibig iligtas ang kaniyang buhay ay mawawalan nito; nguni't ang sinumang mawalan ng kaniyang buhay dahil sa Akin at sa ebanghelyo, ay maliligtas yaon." Ang pagkamakasarili ay kamatayan. Walang sangkap ng katawang mabubuhay kung sarili lamang nito ang paglilingkuran. Ang puso ay madaling manghihina pagka hindi na nagpadala ng dugo ng buhay sa kamay at sa ulo. Bilang ating dugo ng buhay, ay ganyan din ang pag-ibig ni Kristo na dumadaloy sa buong lahat na baha-gi ng Kaniyang mahiwagang katawan. Tayo'y magkakasamang mga sangkap sa isa't isa, at ang kaluluwang tumatangging mamahagi o mamigay ay mamamatay. At "ano ang pakikinabangin ng tao," wika ni Jesus, "kung makamtan niya ang buong sanlibutan, at mawawalan siya ng

kaniyang buhay? o ano ang ibibigay ng tao na katumbas sa kaniyang buhay?"

Sa kabila ng karukhaan at kaabaan ng kasalukuyang panahon, ay itinuro Niya sa mga alagad ang Kaniyang pagdating sa kaluwalhatian, hindi sa kaluwalhatian o karilagan ng trono sa lupa, kundi sa kaluwalhatian ng Diyos at ng mga hukbo ng mga anghel sa langit. At nang magkagayo'y, sinabi Niya, "Kaniyang gagantimpalaan ang bawa't tao ayon sa kaniyang mga gawa." Pagkatapos upang lumakas ang kanilang loob ay nagbigay Siya ng pangako, "Katotohanang sinasabi Ko sa inyo, May ilan sa nangakatayo rito, na hindi matitikman sa anumang paraan ang kamatayan, hanggang sa kanilang makita ang Anak ng tao na pumaparito sa Kaniyang kaharian." Nguni't hindi napag-unawa ng mga alagad ang Kaniyang mga sinalita. Ang kaluwalhatian ay waring napakalayo pa. Ang nakikita nila ay ang lalong malapit na tanawin, ang maralitang buhay sa lupa, ang kadustaan, at ang paghiharap. Iiwan na ba nila ang matatayog nilang inaasahan sa kaharian ng Mesiyas? Hindi ba nila makikita ang pagkabunyi ng kanilang Panginoon sa luklukan ni David? Mananatili na lamang ba si Kristo na nabubuhay na aba, walang ba- [598]
hay-tirahan, hinahamak, itinatakwil, at papatayin? Piniyapis ng kalungkutan ang kanilang mga puso, sapagka't mahal nila ang kanilang Panginoon. Pinahirapan din ng pag-aalinlangan ang mga isip nila, sapagka't waring hindi nila madalumat kung bakit ang Anak ng Diyos ay kailangan pang pailalim sa gayong malupit na pagkadusta. Tinanong nila ang sarili nila kung bakit kaya kailangan pang Siya'y pumunta sa Jerusalem upang doo'y tampalasaning gaya ng sinabi Niya sa kanila. Ano't papayag Siya sa gayong kapalaran, at iiwan sila sa lalong makapal na kadiliman kaysa kinasasadlakan nila nang unang bago Niya inihayag sa kanila ang kaniyang sarili?

Sa pook ng Cesarea Filipo, si Kristo ay hindi abot ni Herodes at ni Caifas, ang katwiran ng mga alagad. Wala Siyang dapat pangambahang poot ng mga Hudyo o kaya'y kapangyarihan ng mga Romano. Bakit hindi Siya roon gumawa, na malayo sa mga Pariseo? Bakit Niya isusubo ang sarili Niya sa kamatayan? Kung Siya'y mamamatay, paano matatayong matibay ang Kaniyang kaharian na hindi pananaigan ng mga pintuan ng impiyerno? Sa ganang mga alagad ito ay tunay na isang hiwaga.

Ngayon pa man ay naglalakad na sila sa dalampasigan ng Dagat ng Galilea patungo sa siyudad na kadudurugan ng lahat nilang mga pag-asa. Hindi nila mapangahasang tumutol kay Kristo, nguni't paanas at malungkot silang nag-usap-usap tungkol sa kung ano kaya ang mangyayari sa hinaharap. Maging sa gitna ng kanilang pagtatanung-tanungan ay mahigpit pa rin silang umasa na may di-inaasahang pangyayari na pipigil sa kapahamakang wari'y nakaabang sa kanilang Panginoon. Ganito sila nalungkot at nag-alinlangan, umasa at nangamba, sa loob ng anim na mahahaba't malulungkot na
[599] mga araw.

# Kabanata 46—“Siya’y Nagbagong-Anyo”

Ang kabanalang ito ay batay sa Mateo 17:1-8; Marcos 9:2-8; Lukas 9:28-36.

Nagdadapit-hapon na nang tawagin ni Jesus ang tatlo sa Kaniyang mga alagad, si Pedro, si Santiago, at si Juan, at magkakasama nilang binagtas ang mga bukid, at sinalunga ang isang baku-bakong landas, na humahantong sa isang mapanglaw na bundok. Maghapong naglalakad at nagtuturo ang Tagapagligtas at ang Kaniyang mga alagad, at ang pag-ahon sa bundok ay nakaragdag sa kanilang kapaguran. Inibsan ni Kristo ng mga dalahin ng isip at katawan ang maraming may karamdaman; pinapanalaytay Niya sa kanilang mahihinang katawan ang daloy ng buhay; ngun’t Siya man naman ay nababatbat ng katawang-tao, at Siya kasama ng Kaniyang mga alagad ay napagod sa pagsalunga.

Ang huling silahis ng lumulubog na araw ay nananatili pa ring nasa taluktok ng bundok, at nilalatagan ng namamaalam nitong sinag ang landas na nilalakaran nila. Datapwa’t di-nagluwat at nilamon na rin ng dilim ang liwanag sa burol at sa kapatagan, nagtago ang araw sa sugpungang-guhit ng langit at lupa sa kanluran, at ang mga naglalakbay ay nilukuban ng kadiliman ng gabi. Ang dilim ng kanilang mga paligid ay waring umaayon sa kanilang mapanglaw na buhay, na noo’y binabalot na ng makakapal na ulap ng kalumbayan. [600]

Hindi nangahas ang mga alagad na magtanong kay Kristo kung saan Siya patungo, o kung sa anong layunin Siya paroroon. Madalas na gumugugol Siya ng buong magdamag sa pananalangin sa bundok. Siya na nag-anyo ng mga bundok at kapatagan ay bihasa sa piling ng katalagahan, at Siya’y nasisiyahan sa katahimikan nito. Sumusunod ang mga alagad sa pangunguna ni Kristo sa daan; gayunma’y hindi nila maubos-maisip kung bakit isinasama pa sila ng kanilang Panginoon sa nakapapagod na pagsalungang ito sa bundok gayong sila’y pagod na, at Siya man naman ay nangangailangan na rin ng pahinga.

Kaginsa-ginsa'y sinabi ni Kristo sa kanila na hanggang doon lamang sila. Nang makalayu-layo Siya nang kaunti sa kanila, ay ipinailanlang ng Taong bihasa sa Kalungkutan ang Kaniyang mga pamanhik na may matitinding daing at pagluha. Idinalangin Niyang bigyan Siya ng lakas upang mapagtiisan Niya ang pagsubok sa kapakinabangan ng sangkatauhan. Kailangan Niya ang bagong panghahawak sa Makapangyarihang Diyos, sapagka't sa gayon lamang Niya mapagninilay ang hinaharap. At ibinuhos Niya ang buo Niyang pakiusap para sa Kaniyang mga alagad, upang sa oras na mamayani ang kapangyarihan ng kadiliman ay huwag magkulang ang kanilang pananampalataya. Basang-basa ng hamog ang anyo niyang nakapanikluhod, nguni't hindi Niya iyon pinansin. Ang dilim ng gabi ay kumakapal sa palibot Niya, nguni't hindi rin Niya inalintana. Sa gayon mabagal na lumipas ang mga oras. Sa pasimula ay nakiisa sila sa Kaniya sa mataos na pananalangin, nguni't makaraan ang ilang sandali ay nadaig sila ng matinding kapaguran, at kahit na pinagsisikapan nilang sila'y makapanatili sa kalagayang nananalangin, ay nakatulog din sila. Ipinagtapat sa kanila ni Jesus ang Kaniyang mga paghihirap; isinama Niya sila upang makiisa sa Kaniya sa
[601] pananalangin; ngayon pa man ay idinadalangin Niya sila. Nakita ng Tagapagligtas ang pamamanglaw ng Kaniyang mga alagad, at minithi Niyang pagaanin ang kanilang pagkahapis sa pamamagitan ng pagtiyak sa kanila na hindi mawawalan ng kabuluhan ang kanilang pananampalataya. Hindi lahat, samakatwid baga'y ang Labindalawa, ay makatatanggap ng pangitaing nais Niyang ipakita. Yaon lamang tatlong makasasaksi sa Kaniyang paghihirap sa Gethsemane ang mga pinili upang maging kasama Niya sa bundok. Ang laman ng Kaniyang dalangin ngayon ay yaong sila'y mapagpakitaan sana ng kaluwalhatiang nasa Kaniya na kasama ng Ama noong bago pa lalangin ang sanlibutan, upang ang Kaniyang kaharian ay mahayag sa paningin ng mga tao, at upang kung ito'y makita nila ay magsilakas ang loob ng Kaniyang mga alagad. Ipinamanhik din Niya na sana'y masaksihan nila ang pagpapakita ng Kaniyang matinding paghihirap na taglay ang pagkakilala na Siya nga ang tunay na Anak ng Diyos, at ang Kaniyang kahiya-hiyang kamatayan ay bahagi ng panukala ng pagtubos.

Ang panalangin Niya ay pinakinggan. Samantalang Siya'y nagpapakababang nakapanikluhod sa mabatong lupa, bigla na lamang

nahawi ang langit, nabuksan nang maluwang ang mga gintuang pintuan ng Siyudad ng Diyos, at lumapag sa bundok ang banal na sinag, at bumalot sa kabuuang anyo ng Tagapagligtas. Ang pagkaDiyos na nasa loob ay naglagusan sa buong pagkatao, at sinalubong ang kaluwalhatiang bumababang mula sa itaas. Pagtindig Niya sa Kaniyang pagkakapatirapa, tumayo si Kristo na mistulang Diyos. Ang paghihirap ng kaluluwa ay napawi. Ang Kaniyang mukha ngayon ay nagliliwanag "na gaya ng araw," at ang Kaniyang mga damit ay "kasimputi ng liwanag."

Nagising ang mga alagad at nakita nilang ang bundok ay binabahaan ng liwanag ng kaluwalhatian. May pagkatakot at pagtatakang minasdan nila ang nagniningning na anyo ng kanilang Panginoon. Nang magawa na nilang tiisin ang pagkasilaw sa kagila-gilalas na [602]
liwanag, nakita nilang si Jesus ay hindi nag-iisa. Kapiling Niya ang [603]
dalawang taong buhat sa langit, na masinsinang nakikipag-usap sa Kaniya. Ang mga ito ay si Moises, na nakipag-usap sa Diyos doon sa bundok sa Sinai; at si Elias, na binigyan ng mataas na karapatan—karapatang sa isa lamang sa mga anak ni Adan ipinagkaloob—ang hindi kailanman sumailalim ng kapangyarihan ng kamatayan.

Noon may labinlimang dantaong nakararaan, tumayo si Moises sa bundok ng Pisgah na tinatanaw ang Lupang Pangako. Subali't dahil sa siya'y nagkasala sa Meribah, ay hindi siya tinulutang pumasok doon. Hindi ibinigay sa kaniya ang karapatang pangunahang may kagalakan ang hukbo ng Israel sa pagpasok sa mana ng kanilang mga magulang. Ang kaniyang matinding pakiusap na, "Paraanin Mo nga ako, isinasamo ko sa Iyo, at aking makita ang mabuting lupain na nasa dako roon ng Jordan, yaong mainam na bundok, at ang Libano" (Deuteronomio 3:25), ay tinanggihan, o hindi pinagbigyan. Ang pag-asang inasam-asam sa loob ng apatnapung taong paglalakbay sa ilang ay kinailangang ipagkait. Isang libingan sa ilang ay hinantungan ng mga taong yaon ng paggawa at ng nakawiwindang-ng-pusong pag-aalaala. Datapwa't Siya na "makapangyarihang gumawa nang lubhang sagana nang higit sa lahat ng ating hinihingi o iniisip" (Efeso 3:20), ay siya ring nagbigay o tumugon sa idinalangin ng Kaniyang lingkod. Si Moises ay dumaan sa ilalim ng kapangyarihan ng kamatayan, gayunma'y siya'y namalagi sa libingan. Si Kristo na rin ang tumawag sa kaniya upang siya'y mabuhay. Inangkin ng manunuksong si Satanas ang

katawan ni Moises dahil sa ito'y nagkasala; nguni't inilabas siya sa libingan ni Kristong Tagapagligtas. Judas 9.

Sa bundok ng pagbabagong-anyo ay isang saksi si Moises sa pagtatagumpay ni Kristo laban sa kasalanan at kamatayan. Siya ang
[604] kumakatawan sa mga magsisila- bas sa libingan sa pagkabuhay na mag-uli ng mga banal. Si Elias naman, na dinala sa langit nang hindi nakatikim ng kamatayan, ay kumakatawan sa mga taong nabubuhay sa ibabaw ng lupa sa panahon ng ikalawang pagdating ni Kristo, at sila'y "babaguhin, sa isang sandali, sa isang kisap-mata, sa huling pagtunog ng pakakak;" pagka "itong may kamatayan ay magbihis ng walang-kamatayan," at "itong may kasiraan ay magbihis ng walangkasiraan." 1 Corinto 15:51-53. Si Jesus ay nararamtan ng liwanag ng langit, pagka Siya'y napakita na sa "ikalawa na hiwalay sa kasalanan sa ikaliligtas ng mga nagsisipaghintay sa Kaniya." Sapagka't Siya'y pariritong "nasa kaluwalhatian ng Kaniyang Ama na kasama ng mga banal na anghel." Hebreo 9:28; Marcos 8:38. Ito na ang katuparan ng ipinangako ng Tagapagligtas sa mga alagad. Sa bundok ay ipinakita ang kahawig ng dumarating na kaharian ng kaluwalhatian—si Kristo ang Hari, si Moises ang kumakatawan sa mga dinala sa langit na di-nakatikim ng kamatayan.

Sa sandaling ito ay hindi pa napag-unawa ng mga alagad ang kahulugan ng tanawing kanilang nakikita; gayunma'y natutuwa sila na ang matiisin nilang Guro, ang isa na maamo at mapagpakumbabang-puso, na nagpagala-gala sa iba't ibang dako na parang abang estranghero, ay pinararangalan ng mga itinatangi sa langit. Naniniwala silang si Elias ay nanaog upang ipatalastas ang paghahari ng Mesiyas, at malapit nang itayo sa lupa ang kaharian ni Kristo. Ang alaala ng kanilang pagkatakot at pagkabigo ay papawiin na nila magpakailanman. Dito, sa pook na kinahahayagan ng kaluwalhatian ng Diyos, ay nin?:s nilang tumigil pa. Sinabi ni Pedro, "Panginoon, mabuti sa atin ang tayo'y dumito: at magsigawa tayo ng tatlong tabernakulo; isa ang sa Iyo, at isa ang kay Moises at isa ang kay Elias." Nananalig ang mga alagad na si Moises at si Elias ay mga
[605] isinugo upang ipagsanggalang ang kanilang Panginoon, at upang itatag ang Kaniyang kapangyarihan bilang Hari.

Nguni't bago ang korona ay ang krus muna. Ang paksa ng pakikipag-usap nila kay Jesus ay hindi ang pagpapasinaya sa pag-upo ni Kristo bilang hari, kundi ang pagkamatay Niya na magaganap

sa Jerusalem. Si Jesus ay lumakad sa gitna ng mga tao na taglay ang kahinaang katutubo sa tao, at pasan-pasan ang kalungkutan at kasalanan nito. Samantalang sikil Siya ng dilim ng dumarating na pagsubok, ay giyagis ang Kaniyang diwa ng kalungkutan, sa isang sanlibutang hindi kumilala sa Kaniya. Maging ang Kaniyang minamahal na mga alagad, na giyagis ng sarili nilang alinlangan, kalungkutan at matatayog na pag-asa, ay hindi nakaunawa sa hiwaga ng Kaniyang misyon. Tumahan Siya sa gitna ng pagmamahal at pakikisama ng langit; nguni't sa sanlibutang Siya ang gumawa, ay Siya'y nag-iisa sa kalungkutan. Sa sandaling ito'y nagpadala ang langit ng mga sugo kay Jesus; hindi mga anghel, kundi mga taong nagbata ng hirap at lungkot, mga taong makadadamay sa Tagapagligtas sa panahon ng pagsubok sa Kaniyang buhay sa lupa. Si Moises at si Elias ay naging mga kamanggagawa ni Kristo. Taglay din nila ang Kaniyang maalab na hangaring magligtas ng mga kaluluwa. Si Moises ay namanhik para sa Israel: "Gayunma'y ngayon, kung Iyong ipatatawad ang kanilang kasalanan—; at kung hindi, ay alisin Mo ako, isinasamo ko sa Iyo, sa Iyong aklat na sinulat Mo." Exodo 32:32. Alam ni Elias ang diwa ng pagkalungkot at pag-iisa, sapagka't sa loob ng tatlong taon at kalahati ng pagkakagutom ay tiniis niya ang poot at sumpa ng buong bansa. Nag-iisa siyang nanindigan para sa Diyos sa Bundok ng Carmelo. Nag-iisa siyang tumakas sa ilang na naghihimutok at nawawalan ng pag-asa. Ang mga taong ito, at hindi ang sinumang anghel na nakapaligid sa luklukan ng Diyos ang siyang mga pinili, upang makipagusap kay
Jesus tungkol sa Kaniyang mga ipaghihirap, at upang aliwin Siya sa [606]
pamamagitan ng katiyakang sasa Kaniya ang pakikiramay ng langit. Ang pag-asa ng sanlibutan, ang kaligtasan ng bawa't taong kinapal, ay siyang paksa ng kanilang pagpapanayam.

Palibhasa'y nadaig ng antok, kaunti lamang ang narinig ng mga alagad sa mga pinag-usapan ni Kristo at ng mga sugong buhat sa langit. Sa hindi nila pagpupuyat at pananalangin, ay hindi nila tinanggap ang hangad ng Diyos na ibigay sa kanila—ang maalaman nila ang tungkol sa mga paghihirap ni Kristo, at ang kaluwalhatiang susunod dito. Hindi nila tinanggap ang pagpapalang sana'y napasakanila kung nakibahagi lamang sila sa Kaniyang pagpapakasakit. Ang mga alagad na ito ay makupad ang pusong magsi-

paniwala, at kakaunti ang pagpapahalaga sa kayamanang sinikap ng Langit na ipagkaloob sa kanila.

Gayon pa ma'y tumanggap sila ng malaking liwanag. Tiniyak sa kanila na alam ng buong langit ang tungkol sa kasalanan ng bansang Hudyo sa pagtatakwil kay Kristo. Binigyan sila ng lalong malinaw na pagkaunawa sa gawain ng Manunubos. Nakita ng kanilang mga mata at narinig ng kanilang mga tainga ang mga bagay na hindi kayang unawain ng tao. Sila'y "naging mga saksing nakakita ng Kaniyang karangalan" (2 Pedro 1:16), at napagtanto nilang si Jesus ay siyang tunay na Mesiyas, na siyang pinatunayan ng mga patriarka at mga propeta, at Siya'y kinilala rin naman bilang gayon ng buong sangkalangitan.

Samantalang pinanonood nila ang tanawin sa ibabaw ng bundok, "isang maningning na alapaap ay lumilim sa kanila: at narito ang isang tinig na mula sa alapaap, na nagsasabi, Ito ang sinisinta Kong Anak, na siya Kong kinalulugdan; Siya ang inyong pakinggan." Nang kanilang mamasdan ang alapaap ng kaluwalhatian, na higit pang maningning kaysa ulap na pumatnubay at nagpauna sa mga
[607] angkan ni Israel sa ilang; nang kanilang mapakinggan ang tinig ng Diyos na nagsalitang may kakila-kilabot na karangalan na nagpayanig sa bundok, ay nangatimbuwang sa lupa ang mga alagad. Nanatili silang nangakadapa, na nangakasubsob ang kanilang mga mukha, hanggang sa sila'y lapitan ni Jesus, at sila'y tinapik, at ang kanilang takot ay pinawi ng Kaniyang kilalang-kilalang tinig, "Mangagbangon kayo, at huwag kayong mangatakot." Nang imulat nila ang kanilang mga mata, ay wala na ang kaluwalhatian ng langit, at wala na rin ang mga anyo nina Moises at Elias. Sila'y nasa bundok,
[608] na nag-iisang kasama ni Jesus.

[609]

# Kabanata 47—Ang Ministeryo

Ang kabanatang ito ay batay sa Mateo 17:9-21; Marcos 9:9-29; Lukas 9:37-45.

Lumipas sa kanila ang buong magdamag sa bundok; at nang sumikat na ang araw, ay lumusong si Jesus at ang Kaniyang mga alagad sa kapatagan. Puno ng mga iniisip, ang mga alagad ay ngimi at tahimik. Maging si Pedro ay walang sinasabing anuman. Ikatutuwa sana nilang maglumagak sa banal na pook na iyon na dinampulayan ng liwanag ng langit, at pook na pinaghayagan ng Anak ng Diyos ng Kaniyang kaluwalhatian; datapwa't may gawaing dapat gawin sa mga tao, na nagsisipaghanap na kay Jesus sa kung saan-saang lugar na malayo at malapit.

Sa paanan ng bundok ay nagkatipon ang isang malaking pulutong ng mga tao, na ipinagsama ng mga alagad na naiwan, nguni't nakaaalam naman ng pook na pinaroonan ni Jesus. Nang malapit na ang Tagapagligtas, pinagbilinan Niya ang tatlo Niyang kasama na huwag ipagmamakaingay ang kanilang nakita, na sinasabi, "Huwag ninyong sabihin kaninumang tao ang pangitain, hanggang sa ang Anak ng tao ay magbangong mag-uli sa mga patay." Ang ipinakita sa mga alagad ay bubulayin nila sa kanilang sariling mga puso, at hindi [610] ibabalita sa iba. Kung ito'y sasabihin sa karamihan ay kukutyain lamang sila at pagtatawanan. At maging ang siyam na apostol ay hindi makauunawa sa pangitain hanggang sa si Kristo'y magbangong mag-uli sa mga patay. Kung gaano kakupad makaunawa pati ng tatlong napatanging mga alagad, ay makikita sa pangyayari na sa kabila ng lahat na sinabi ni Kristo tungkol sa mangyayari sa Kaniya, ay nagtanung-tanungan pa rin sila kung ano kaya ang ibig sabihin ng pagbangon sa mga patay. Gayunma'y hindi sila humingi ng paliwanag kay Jesus. Ang mga sinabi Niya tungkol sa hinaharap ay nagdulot sa kanila ng lungkot; hindi na sila humingi pa ng paliwanag tungkol sa bagay na inaasahan nilang di-kailanman mangyayari.

Karaka-rakang natanawan si Jesus ng mga taong nasa kapatagan, ay patakbong sinalubong nila Siya, at binati Siyang may paggalang at pagkagalak. Gayunman ang matalas Niyang paningin ay agad nakapansing sila'y nasa malaking kagulumihanan. Ang mga alagad ay waring bagabag. Kapapangyari pa lamang ng isang bagay na nagdulot sa kanila ng masaklap na pagkabigo at pagkapahiya.

Samantalang sila'y nagsisipaghintay sa paanan ng bundok, isang ama ang nagdala sa kanila ng kaniyang anak na lalaki, upang pagalingin nila sa piping espiritu na nagpapahirap sa kaniya. Nang suguin ang Labindalawa na magsipangaral sa buong Galilea, ay binigyan sila ng kapangyarihan laban sa maruruming espiritu, at upang mapalayas ang mga ito. Nang sila'y magsihayong may malakas na pananampalataya, ay nagsitalima sa kanilang salita ang masasamang espiritu. Ngayon sa pangalan ni Kristo ay inutusan nila ang nagpapahirap na espiritu na umalis sa biktima nito; nguni't tinuya lamang sila ng demonyo sa pamamagitan ng panibagong pagpapakita ng
[611] kapangyarihan nito. Sa pagkabigo nilang ito, na hindi naman nila maalaman ang dahilan, ay nadama nilang hindi nila naparangalan ang kanilang mga sarili at ang kanilang Panginoon. At sa lipumpon ng mga tao ay naroon din ang mga eskriba na sinamantala ang pagkakataong ito upang sila'y hiyain. Nagsisiksikang pinaligiran ng mga ito ang mga alagad, at sila'y pinaulanan ng mga tanong, na pinagsisikapang palitawin na sila at ang kanilang Panginoon ay mga magdaraya. Buong pagmamalaking sinabi ng mga rabi, na narito, ang isang masamang espiritu na hindi magapi ng mga alagad o ni Kristo man. Ang mga tao'y pumapanig na sa mga eskriba, at isang damdamin ng paghamak at paglibak ang naghari sa karamihan.

Datapwa't biglang-biglang nahinto ang mga pagpaparatang. Si Jesus at ang tatlong alagad ay natanawan nilang dumarating, at sa kapusukan ng loob ay sinalubong sila ng mga tao. Ang magdamag na pakikipag-usap sa kaluwalhatian ng langit ay nag-iwan ng bakas sa Tagapagligtas at sa Kaniyang mga kasama. Sa kanilang mga mukha ay may liwanag na kinasindakan ng mga tumitingin. Nangapaurong sa takot ang mga eskriba, habang masaya namang sinasalubong si Jesus ng mga tao.

Lumapit ang Tagapagligtas na para bagang nasak sihan Niya ang lahat ng nangyari, at pagkatapos ituon ang Kaniyang paningin sa

mga eskriba Siya ay nagtanong, "Ano ang ipinakikipagtalo ninyo sa kanila?"

Napipi ngayon ang mga tinig na dati'y napakatatapang at napakararahas. Lumukob sa lahat ang isang paikpik na katahimikan. Ngayo'y nagmamadaling gumitgit ang ama sa karamihan, at pagkatapos magpatirapa sa paanan ni Jesus, ay inihinga nito ang kaniyang bagabag at pagkabigo.

"Guro," wika nito, "dinala ko sa Iyo ang aking anak na lalaki na may isang espiritung pipi; at saanman siya alihan nito, ay ibinubuwal [612]
siya: ... at sinabi ko sa lyong mga alagad na siya'y palabasin; at hindi nila ma-gawa."

Nilibot ng tingin ni Jesus ang nababaghang karamihan, ang nang-uupasalang mga eskriba, at ang nagugulumihanang mga alagad. Nabasa Niya sa puso ng bawa't isa ang kawalang-pananampalataya; at sa tinig na tigib ng lungkot ay napabulalas Siya, "Oh, lahing walang pananampalataya, hanggang kailan makikisama Ako sa inyo? hanggang kailan titiisin Ko kayo?" Saka Niya inatasan ang namimighating ama, "Dalhin mo rito ang anak mo."

Ang bata ay dinala, at nang ito'y matamaan ng tingin ng Tagapagligtas, ito'y ibinuwal ng masamang espiritu sa lupa na pinapangisay nang buong paghihirap. Ito'y nagpagulung-gulong na bumubula ang bibig, at pinupunit ang himpapawid sa nakapangingilabot na mga tili.

Muling nagpanagpo ang Prinsipe ng buhay at ang prinsipe ng mga kapangyarihan ng kadiliman sa larangan ng tunggalian—si Kristo'y sa pagtupad ng Kaniyang misyon na "itanyag sa mga bihag ang pagkaligtas, ... upang bigyan ng kalayaan ang nangaaapi" (Lucas 4:18), at si Satanas nama'y sa pagsisikap na mapanatiling nasa ilalim ng kaniyang kapangyarihan ang kaniyang biktima. Ang mga anghel ng kaliwanagan at ang mga hukbo ng masasamang anghel, na dinakikita, ay nangagdudumali sa paglapit upang masaksihan ang labanan. Sandaling tinulutan ni Jesus ang masamang espiritu na magpamalas ng kapangyarihan nito, upang mapag-unawa ng mga nanonood ang pagliligtas na malapit nang gawin.

Hindi halos humihingang nakatingin ang karamihan, at ang ama ay giyagis ng magkalangkap na pag-asa at pagkatakot. Nagtanong si Jesus, "Kailan pang panahon nangyayari sa kaniya ito?" Ipinagtapat ng ama ang mahabang panahon ng paghihirap ng anak, at [613]

pagkatapos, parang hindi na siya makapagtitiis pa, ay nagwika, "Kung mayroon Kang magagawang anumang bagay, ay maawa Ka sa amin, at tulungan Mo kami." "Kung mayroon kang magagawa!" Pinag-aalinlanganan pa rin ng ama ang kapangyarihan ni Kristo.

Sumagot si Jesus, "Kung ikaw ay makasasampalataya, ang lahat ng mga bagay ay may pangyayari sa kaniya na nananampalataya." Hindi kulang ng kapangyarihan si Kristo; ang paggaling ng anak ay nakabatay sa pananampalataya ng ama. Napaluha ang ama, pagkadama sa sarili niyang kahinaan, at naglumuhod sa paghingi ng awa ni Kristo, na humihibik, "Panginoon, nananampalataya ako; tulungan Mo ang kakulangan ko ng pananampalataya."

Binalingan ni Jesus ang batang pinahihirapan, at ang wika, "Ikaw na bingi at piping espiritu, iniuutos Ko sa iyo, na lumabas ka sa kaniya, at huwag ka nang pumasok na muli sa kaniya." Isang sigaw ang narinig, na sinundan ng matinding paghihirap ng bata. Sa paglabas ng demonyo, ay waring pupugtuin na nito ang buhay ng kaniyang biktima. Pagkatapos ay nalugmok ang bata na walang kakilus-kilos, at mistulang patay. Nag-anasan ang karamihan, "Patay na siya." Nguni't hinawakan ni Jesus ang kamay nito, at nang ito'y maitindig na, ay iniharap ito sa ama nito, na lubusan nang magaling ang isip at ang katawan. Sa ganito ang ama at ang anak ay kapwa pumuri sa pangalan ng kanilang Tagapagligtas. Ang karamihan ay "nangagtaka sa dakilang kapangyarihan ng Diyos," samantala'y malungkot namang nagsialis ang mga eskriba, na talunan at hiyang-hiya.

"Kung mayroon Kang magagawang anumang bagay, ay maawa Ka sa amin, at tulungan Mo kami." Gaano karaming tigib-salang
[614] kaluluwa ang nagpailanlang ng panalanging iyan. At sa lahat, ang sagot ng mahabaging Tagapagligtas ay, "Kung ikaw ay makasasampalataya, ang lahat ng mga bagay ay may pangyayari sa kaniya na nananampalataya." Pananampalataya ang nag-uugnay sa atin sa langit, at nagdudulot sa atin ng lakas upang malabanan ang mga kapangyarihan ng kadiliman. Kay Kristo, ang Diyos ay naglaan ng bagay na maipansusupil sa bawa't masamang likas, at mailalaban sa bawa't tukso, gaano man ito kalakas. Subali't nadarama ng marami na sila'y kulang ng pananampalataya, kaya lumalayo sila kay Kristo. Sa kanilang kahabag-habag na kawalangkabuluhan, ay magsidulog nga ang mga kaluluwang ito sa kanilang maawaing Tagapagligtas.

Huwag sa sarili kayo tumingin, kundi kay Kristo. Siya na nagpagaling ng mga maysakit at nagpalabas ng mga demonyo nang Siya'y lumakad sa gitna ng mga tao ay Siya ring makapangyarihang Manunubos ngayon. Ang pananampalataya ay nanggagaling sa salita ng Diyos. Kaya panghawakan ninyo ang Kaniyang pangakong, "Ang lumapit sa Akin sa anumang paraan ay hindi Ko itataboy." Juan 6:37. Magpatirapa kayo sa Kaniyang paanan at kayo'y humibik, "Panginoon, nananampalataya ako; tulungan Mo ang ka-/ kulangan ko ng pananampalataya." Kayo'y di-kailanman mapapahamak habang ginagawa ninyo ito—hinding-hindi.

Sa loob ng sasandaling panahon ay nasaksihan ng napatanging mga alagad ang kasukdulan ng kaluwalhatian at ng pagpapakababa. Nakita nila nang ang katawang-tao ni Jesus ay nabagong tulad sa 'wangis ng Diyos, at nang ito'y maging hamak at abang kawangis ni Satanas. Buhat sa bundok na doo'y nakipag-usap Siya sa mga isinugo ng langit, at doo'y itinanyag Siyang Anak ng Diyos ng tinig na mula sa nagniningning na kaluwalhatian, ay nakita nila si Jesus na bumaba o lumusong upang harapin ang nakababagabag at nakapaghihimagsik na panoorin, na isang batang lalaking inaalihan ng demonyo, nakangiwi ang mukha, nagngangalit ang mga ngipin [615]
pagka sinusumpong ng napakahirap na pangangatal o pangingisay na hindi kayang pagalingin ng ka pangyarihan ng tao. At ang makapangyarihang Manunubos na ito, na nang ilang oras na nagdaan ay nakatayong maluwalhati sa harap ng namamangha't nanggigilalas Niyang mga alagad, ay yumuko upang itindig ang pinahihirapan ni Satanas mula sa lupang kinalulugmukan nito, at ibinalik sa ama at tahanan nito na may malusog nang pag-iisip at pangangatawan.

Iyon ay isang nakapagtuturong halimbawa ng pagtubos—ang Isang Banal na buhat sa kaluwalhatian ng Ama ay yumukong nagpakababa upang iligtas ang nawawala. Inilalarawan din nito ang misyon ng mga alagad. Ang buhay ng mga lingkod ni Kristo ay hindi lamang dapat gugulin sa mga oras ng espirituwal na kaliwanagang kasama ni Jesus doon sa bundok. May gawain din sila sa kapatagan. Ang mga kaluluwang binusabos ni Satanas ay nagsisipaghintay ng salita ng pananampalataya at panalangin upang mangakalaya sila.

Pinag-iisip-isip pa ng siyam na alagad ang mapait na karanasan ng kanilang pagkabigo; at nang muli nilang makaniig si Jesus nang sarilinan, ay kanilang itinanong, "Bakit baga hindi namin napalabas

yaon?” Sinagot sila ni Jesus, “Dahil sa inyong di-pananampalataya: sapagka’t katotohanang sinasabi Ko sa inyo, Kung magkaroon kayo ng pananampalataya na kasinglaki ng butil ng binhi ng mustasa, ay masasabi ninyo sa bundok na ito, Lumipat ka mula rito hanggang doon; at ito’y lilipat; at walang bagay na di-may-pangyayari sa inyo. Datapwa’t ang ganito’y hindi lumalabas kundi sa pamamagitan ng panalangin at pag-aayuno.” Ang kanilang di-pananampalataya, na nagpahiwalay sa kanila sa lalong mataimtim na pakikisama kay Kristo, at ang kawalang-ingat nila sa banal na gawaing ipinagkati-
[616] wala sa kanila, ay siyang naging sanhi ng kanilang pagkabigo sa pakikilaban sa mga kapangyarihan ng kadiliman.

Ang mga salita ni Kristong tumutukoy sa Kaniyang pagkamatay ay nagdulot ng lungkot at alinlangan. At ang pagkakapili sa tatlong alagad upang sumama kay Jesus sa bundok ay lumikha ng pagkainggit o pananaghili sa siyam. Sa halip na palakasin nila ang kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng pananalangin at pagbubulaybulay ng mga salita ni Kristo, ang kanilang inisip nang inisip ay ang kanilang mga pagkabigo at mga pansariling sama-ng-loob. Nasa ganito silang madilim na kalagayan nang gawin nila ang pakikilaban kay Satanas.

Upang sila’y makapagwagi sa gayong pakikilaban ay dapat silang gumawa sa gawain na taglay ang ibang diwa. Ang pananampalataya nila ay dapat palakasin sa pamamagitan ng maalab na panalangin at pag-aayuno, at ng pagpapakababa ng puso. Dapat mawala sa kanila ang pagkamakasarili, at dapat silang mapuspos ng Espiritu at ng kapangyarihan ng Diyos. Maningas at matiyagang pakikiusap sa Diyos na may pananampalataya—pananampalatayang nauuwi sa ganap na pagsandig o pag-asa sa Diyos, at lubos na pagkakatalaga sa Kaniyang gawain —ang siya lamang makapaghahatid sa mga tao ng tulong ng Espiritu Santo sa pakikilaban sa mga pamunuan at mga kapangyarihan, sa mga namumuno sa kadiliman ng sanlibutang ito, at sa masasamang espiritu sa mga dakong kaitaasan.

“Kung magkaroon kayo ng pananampalataya na kasinglaki ng butil ng binhi ng mustasa,” wika ni Jesus, “ay masasabi ninyo sa bundok na ito, Lumipat ka mula rito hanggang doon; at ito’y lilipat.” Bagama’t ang binhi ng mustasa ay napakaliit, ay nagtataglay ito ng mahiwagang simulain ding iyon ng buhay na nagpapalaki sa

pinakamatayog na punungkahoy. Pagka ang binhi ng mustasa ay inihasik sa lupa, ang katiting na binhi nito ay kumakapit sa bawa't [617] elementong inilaan ng Diyos sa ikalulusog at ikabubuhay nito, at ito'y mabilis na tumutubo at lumalaki. Kung mayroon kayong pananampalatayang tulad nito, ay manghahawak kayo sa salita ng Diyos, at sa lahat ng mga bagay na makatutulong na itinalaga ng Diyos. Sa ganito lalakas ang inyong pananampalataya, at maibibigay sa inyo ang tulong na kapangyarihan ng langit. Ang mga hadlang na ibinubunton ni Satanas sa inyong landas, na parang di-maiigpawang gaya ng walang-hanggang mga burol, ay mapaparam sa bisa ng pananampalataya. "Walang bagay na di-may-pangyayari sa inyo." [618]

# Kabanata 48—“Sino ang Pinakadakila?”

Ang kabanaiang ito ay batay sa Mateo 17:22-27; 18:1-20; Marcos 9:30-50; Lukas 9:46-48.

Nang bumalik si Jesus sa Capernaum, hindi na Siya dumaan sa mga tanyag na pook na pinagturuan Niya sa mga tao, kundi tahimik na humanap Siya ng bahay na pansamantala Niyang tutuluyan na kasama ang Kaniyang mga alagad. Sa nalolooban ng nalalabing panahong ititigil Niya sa Galilea ay naging layunin Niya na turuan ang mga alagad sa halip na gumawa sa mga karamihan.

Sa paglalakad nila sa buong Galilea, ay muling sinikap ni Kristo na ihanda ang mga pag-iisip ng Kaniyang mga alagad sa mga pangyayaring nasa unahan Niya. Sinabi Niya sa kanila na Siya’y aahon sa Jerusalem upang doon Siya patayin at upang muling mabuhay. At idinugtong Niya ang kakatwa at solemneng pahayag na Siya’y ipagkakanulo sa mga kamay ng Kaniyang mga kaaway. Hanggang ngayo’y hindi pa napag-uunawa ng mga alagad ang mga sinasabi Niya. Bagama’t ang lambong ng malaking kalungkutan ay lumukob sa kanila, ang diwa naman ng pagpapang-agawan ang naghahari sa kanilang mga puso. Pinagtatalunan nila kung sino kaya ang ituturing na pinakadakila sa kaharian. Ang pagtatalu-talong ito ay inisip nilang itago o ilihim kay Jesus, at kaya nga sila’y hindi na gaya
[619] nang dati na nagsisiksikan sa Kaniyang tabi, kundi sila’y nagpahuli, na anupa’t nang sila’y pumasok sa Capernaum ay nauuna si Jesus sa kanila. Nabasa ni Jesus ang kanilang mga iniisip, at hinangad Niyang sila’y mapayuhan at matagubilinan. Nguni’t naghintay Siya nang may isang oras para sa bagay na ito, sa sandaling magiging bukas ang mga puso nila sa pagtanggap ng Kaniyang mga salita.

Pagdating na pagdating nila sa bayan, lumapit kay Pedro ang maniningil ng buwis para sa templo at nagtanong, “Hindi ba nagbabayad ng buwis ang iyong Panginoon?” Ang buwis na ito ay hindi buwis sa pagiging isang mamamayan, kundi kontribusyon o abuloy na panrelihiyon, na hinihinging bayaran ng bawa’t Hudyo sa

taun-taon para sa pagtataguyod sa templo. Ang hindi pagbabayad ng buwis na ito ay ituturing na pagtataksil sa templo—na sa palagay ng mga rabi ay isang napakabigat na kasalanan. Ang pananayuan ng Tagapagligtas tungo sa mga kautusan ng mga rabi, at ang lantaran Niyang mga pagsuwat sa mga tagapagtanggol ng sali't saling sabi, ay siyang nagbigay ng dahilan upang Siya'y paratangang sinisikap Niyang sirain o ibagsak ang paglilingkod sa templo. Nakakita ngayon ang Kaniyang mga kaaway ng isang pagkakataon upang Siya'y masiraan. Nakakuha sila ng isang handang katulong sa katauhan ng maniningil ng buwis.

Nahalata ni Pedro sa tanong ng maniningil ng buwis ang pag-aalinlangan sa katapatan ni Kristo sa templo. Sa maalab niyang pagmamalasakit sa karangalan ng kaniyang Panginoon, agad siyang sumagot, nang hindi na sumangguni muna sa Kaniya, na si Jesus nga ay magbabayad ng buwis.

Nguni't hindi gaanong napag-unawa ni Pedro ang layunin ng nagtatanong. May ilang uri ng mga taong kinikilalang hindi dapat magbayad ng buwis. Noong panahon ni Moises, nang ibukod ang mga Levita upang maglingkod sa santuwaryo, sila'y hindi binigyan ng mana sa gitna ng mga tao. [620] Sinabi ng Panginoon, "Ang Levi ay walang bahagi ni mana sa kasamahan ng kaniyang mga kapatid; ang Panginoo'y siyang kaniyang mana." Deuteronomio 10:9. Noong mga kaarawan ni Kristo ang mga saserdote at mga Levita ay itinuturing pa ring mga tanging itinalaga sa templo, at hindi sila pinagbayad ng taunang kontribusyon para sa pagtataguyod nito. Ang mga propeta ay hindi rin pinapagbayad ng buwis na ito. Sa pagsingil ng buwis kay Jesus, ay pinawawalang-halaga ng mga rabi ang Kaniyang pag-aangking Siya'y propeta o guro, at Siya'y pinakikitunguhang gaya ng isang karaniwang tao. Ang pagtanggi Niyang magbayad ng buwis ay ituturing na kawalan-ng-pagtatapat sa templo; samantala, sa kabilang dako naman, kung magbabayad Siya ay nangangahulugan iyon na tama sila sa hindi nila pagkilala sa Kaniya na Siya'y isang propeta.

Hindi pa natatagalan, kinilala ni Pedro si Jesus bilang Anak ng Diyos; nguni't ngayon ay hindi niya sinamantala ang pagkakataon na itanyag ang likas ng kaniyang Panginoon. Sa kaniyang isinagot sa maniningil, na si Jesus ay magbabayad ng buwis, ay para niyang

sinang-ayunan ang maling paniniwala tungkol sa Kaniya na sinisikap palaganapin ng mga saserdote at mga pinuno.

Nang pumasok si Pedro sa bahay, walang binanggit ang Tagapagligtas tungkol sa nangyari, kundi Siya'y nagtanong, "Anong akala mo, Simon? ang mga hari sa lupa ay kanino baga sila nanganiningil ng kabayaran ng buwis? sa kanilang mga anak baga, o sa nangaiiba?" Sumagot si Pedro, "Sa nangaiiba." At sinabi ni Jesus, "Kung gayo'y hindi nangagbabayad ang mga anak." Bagama'l ang mga mamamayan ng isang bansa ay nangagbabayad ng buwis upang masustento ang hari nila, ang mga anak naman ng hari ay hindi sinisingil. Kaya ang Israel, na nagpapanggap na bayan ng Diyos,
[621] ay pinag-utusang tangkilikin ang paglilingkod sa Kaniya; nguni't si Jesus, na Anak ng Diyos, ay walang ganitong sagutin. Kung ang mga saserdote at mga Levita ay hindi pinapagbabayad dahil sa paglilingkod nila sa templo, gaano pa nga Siya na ang templo ay bahay ng Kaniyang Ama.

Kung si Jesus ay nagbayad ng buwis nang walang tutol, ay para na rin Niyang inaming tama ang inaangkin nila, at sa gayo'y hindi sana naipakilala ang Kaniyang pagka-Diyos. Nguni't bagama't nakita Niyang mabuting tugunin ang hinihingi, tinutulan naman Niya ang pag-aangking pinagbabatayan nito. Sa paglalaan Niya ng salaping pambayad sa buwis ay ipinakilala Niya ang Kaniyang likas na pagka-Diyos. Nahayag na Siya'y isang kasama-sama ng Diyos, at hindi nga Siya dapat bumuwis na tulad ng isang taong nasasakop ng kaharian.

"Pumaroon ka sa dagat," utos Niya kay Pedro, "at ihulog mo ang kawil, at kunin mo ang unang isdang lumitaw; at pagka naibuka mo na ang kaniyang bibig, ay masusumpungan mo ang isang siklo (o isang putol na salapi): kunin mo, at ibigay mo sa kanila sa ganang Akin at sa iyo."

Bagama't binihisan Niya ng pagka-tao ang Kaniyang pagka-Diyos, ay ipinakita Niya sa kababalaghang ito ang Kaniyang kaluwalhatian. Malinaw na ito nga Yaong sinabi sa pamamagitan ni David, "Bawa't hayop sa gubat ay Akin, at ang hayop sa libong burol. Nakikilala Ko ang lahat ng mga ibon sa mga bundok: at ang mga mababangis na hayop sa parang ay Akin. Kung Ako'y magugutom, ay hindi Ko sasaysayin sa iyo: sapagka't ang sanlibutan ay Akin, at ang buong narito." Awit 50:10-12.

Bagama't niliwanag ni Jesus na hindi Niya tungkulin ang magbayad ng buwis, hindi naman Siya nakipagtalo sa mga Hudyo tungkol sa bagay na ito; dahil sa babaligtarin lamang nila ang mga salita Niya, at ilalaban sa Kaniya. At upang hindi Siya makapagbigay ng dahilang su- kat nilang ikagalit na gaya ng di-pagbibigay [622]
ng buwis, ay ginawa Niya ang bagay na hindi tamang ipagawa sa [623]
Kaniya. Ang aral na ito ay magiging mahalaga sa mga alagad Niya. Malalaking pagbabago ang malapit nang mangyari sa kaugnayan nila sa gawain sa templo, at kaya nga binilinan sila ni Kristo na di-kailangang tuligsain nila ang matandang kaayusan. Hangga't mangyayari, iiwasan nilang may masabi laban sa kanilang pananampalataya. Bagama't hindi dapat isakripisyo ng mga Kristiyano ang kahit isang simulain ng katotohanan, ay totoo namang dapat nilang iwasan ang pakikipagtalo hangga't maaari.

Nang si Kristo at ang mga alagad ay nag-iisa na sa bahay, samantalang si Pedro naman ay napasa dagat, tinawag ni Jesus ang ibang mga alagad at sila'y tinanong, "Ano ang pinagkakatwiranan ninyo sa daan?" Ang pakikiharap ni Jesus, at ang Kaniyang pagtatanong, ay nagbigay sa suliraning kanilang pinag-uusapan sa daan ng kakaibang liwanag kaysa inaakala nila. Pinatahimik sila ng pagkapahiya at ng sumbat ng kanilang sarili. Sinabi ni Jesus sa kanila na Siya'y mamamatay dahil sa kanila, at ang makasarili nilang hangarin ay nakasasakit sa Kaniyang walang-pag-iimbot na pag-ibig.

Nang sabihin ni Jesus sa kanila na Siya'y ipapapatay at muling mabubuhay, ay pinagsisikapan Niyang sila sana'y makausap tungkol sa malaking pagsubok na susubok sa kanilang pananampalataya. Kung naging handa lamang sila na tumanggap ng bagay na nais Niyang maipabatid sa kanila, hindi sana nila dinanas ang mapait na kahirapan at panlulupaypay. Sana'y nakapaghatid ng kaaliwan ang mga salita Niya sa oras ng kanilang kalungkutan at pagkabigo. Datapwa't bagama't buong linaw na Niyang sinabi ang tungkol sa mangyayari o sasapit sa Kaniya, ang muling pagbanggit Niya sa katotohanan na Siya'y malapit nang pumaroon sa Jerusalem ay nagpasiglang muli sa kanilang pag-asa na itatayo na nga ang [624]
kaharian. Humantong ito sa pagtatanungan na kung sino kaya sa kanila ang uupo sa pinakamatataas na tungkulin. Nang magbalik na si Pedro buhat sa dagat, sinabi sa kaniya ng mga alagad ang tanong

ng Tagapagligtas, at sa wakas ay may isang nangahas na magtanong kay Jesus, "Sino nga baga ang pinakadakila sa kaharian ng langit?"

Tinipon ng Tagapagligtas ang mga alagad Niya sa Kaniyang palibot, at sinabi sa kanila, "Kung sinuman ang ibig na maging una, ay siyang mahuhuli sa lahat, at lingkod ng lahat." Sa mga salitang ito ay naroon ang kasolemnihan at ang diin na hindi napag-unawa ng mga alagad. Ang nakikita ni Kristo ay hindi nila makita. Hindi nila napag-unawa ang likas ng kaharian ni Kristo, at ang di-pagkaunawang ito ang waring siyang sanhi ng kanilang pagtatalu-talo. Nguni't ang tunay na dahilan ay lubhang malalim ang pagkakabaon. Kung ipaliliwanag ni Kristo ang uri ng kaharian, maaaring pansamantala Niyang masawata ang kanilang pagtatalo; subali't hindi nito masasaklaw ang tunay na dahilang pinagbubuhatan. Kahit na maintindihan nilang lubos, ay muling uulit ang pagtatalo sa oras na dumating ang pagkakataon. Sa gayo'y maaaring dumating ang kapahamakan sa iglesya pagkaalis ni Kristo. Ang pagtatalu-talo para sa pinakamataas na tungkulin ay gawain ng espiritu ding iyon na siyang pinagmulan ng malaking tunggalian sa mga sanlibutang nasa itaas, at siyang nagiging dahilan ng pagpanaog ni Kristo sa lupa mula sa langit upang dito mamatay. May tumindig sa harap Niya na isang pangitain tungkol kay Lucifer, ang "anak ng umaga," na ang kaluwalhatian ay nakahihigit sa lahat ng mga anghel na nakapalibot sa luklukan ng Diyos, at buong higpit na nakikipagkaisa sa Anak ng Diyos. Sinabi ni Lucifer, "Ako'y magiging gaya ng Kataas-taasan" (Isaias 14:12, 14); at ang paghahangad na mataas ang sarili'y siyang nagdulot o
[625] lumikha ng pagaalitan sa mga korte sa langit, at siyang ikinapalayas ng karamihang mga hukbo ng anghel ng Diyos. Kung ang talagang hangad ni Lucifer ay ang maging katulad ng Kataas-taasan, ay hindi sana niya iniwan ang itinakdang dako niya sa langit; sapagka't ang espiritu ng Kataas-taasan ay nahahayag sa di-makasariling paglilingkod. Ang ibig ni Lucifer ay ang kapangyarihan ng Diyos, at hindi ang Kaniyang likas. Pinagsikapan niyang makuha ang pinakamataas na tungkulin, at ang bawa't kinapal na kinikilos ng espiritu niyang ito ay gagawa rin ng ganito. Kaya nga hindi maiiwasan ang pagkakahidwaan, pagtatalu-talo, at ang pag-aalitan. Pagpupuno ang nagiging gantimpala sa pinakamalakas. Ang kaharian ni Satanas ay isang kaharian ng dahas; itinuturing ng isa't isa na ang kaniyang kapwa ay isang balakid sa daan ng kaniyang pagsulong, o kaya'y

isang tuntungang-bato upang ang sarili niya ay makaakyat sa lalong mataas na kalagayan.

Samantalang itinuturing ni Lucifer na isang bagay na man-anasa ang makapantay ng Diyos, si Kristo naman, na Isang Dakila, ay “hinubad Niya ito, at nag-anyong alipin, at nakitulad sa mga tao: at palibhasa’y nasumpungan sa anyong tao, Siya’y nagpak-ababa sa Kaniyang sarili, at nagmasunurin hanggang sa kamatayan, samakatwid baga’y sa kamatayan sa krus.” Filipos 2:7, 8. Ngayo’y nasa unahan na Niya ang krus; at ang sarili Niyang mga alagad ay pu-nung-puno ng diwang makasarili—ang diwang umiiral sa kaharian ni Satanas—na anupa’t hindi nila magawang makiisa at makira-may sa kanilang Panginoon, ni hindi rin nila maunawaan Siya nang sabihin Niya ang gagawin Niyang pagpapakababa dahil sa kanila.

Buong paggiliw, nguni’t may solemneng pagkikintal. na pinagsikapan ni Jesus na iwasto ang kamaliang ito. Ipinakilala Niya kung anong simulain ang umiiral sa kaharian ng langit, at kung ano [626]
ang bumubuo sa tunay na kadakilaan, ayon sa pamantayan ng mga korte sa langit. Yaong mga pinaghaharian at kinikilos ng kapalaluan at ng pag-ibig na matanghal ay walang mga iniisip kundi ang kani-lang mga sarili, at ang mga gantimpalang kanilang tatamuhin, sa halip na ang isipin ay kung paano nila maibabalik sa Diyos ang mga kaloob na kanilang tinanggap. Hindi sila magkakaroon ng lugar sa kaharian ng langit, sapagka’t sila’y kabilang sa hukbo ni Satanas.

Bago karangalan ay kapakumbabaan muna. Ang pinipili ng Langit na ilagay sa mataas na tungkulin sa harap ng mga tao, ay ang manggagawang tulad ni Juan Bautista, na nagpapakababa sa harapan ng Diyos. Ang alagad na lalong katulad ng bata ay siyang pinakamahusay at pinakamabunga sa paglilingkod sa Diyos. Ang mga anghel sa langit ay makikipagtulungan sa tao na ang sinisikap, ay hindi ang pagtataas ng sarili, kundi ang pagliligtas ng mga kalu-luwa. Siya na lubhang nakadarama ng pangangailangan niya ng tulong ng Diyos ay mamamanhik ukol dito; at ipakikita naman ng Espiritu Santo si Jesus na magpapalakas at magtataas sa kaluluwa. Buhat sa pakikipag-usap niya kay Kristo ay hahayo siya upang gu-mawa at maglingkod para sa mga nangapapahamak dahil sa kanilang mga pagkakasala. Siya ay pinahiran o itinalaga sa kaniyang misyon; at siya’y nagtatagumpay sa lugar na kinabiguan ng maraming nagsi-pagaral at marurunong.

Nguni't pagka itinataas ng mga tao ang kanilang mga sarili, na inaakalang sila ay kailangan sa ikapagtatagumpay ng dakilang panukala ng Diyos, sila'y isinasaisantabi o inaalis ng Panginoon. Malinaw na mapaguunawang hindi umaasa ang Panginoon sa kanila. Hindi humihinto ang gawain sa pagkakaalis nila, kundi nagpapatuloy
[627] na may lalong malaking kapangyarihan.

Hindi sapat na ang mga alagad ni Jesus ay maturuan ng tungkol sa likas ng kaharian. Ang kailangan nila ay isang pagbabago ng puso na maghahatid sa kanila sa pakikitugma sa mga simulain nito. Pagkatawag sa isang maliit na bata, pinatayo ito ni Jesus sa gitna nila; pagkatapos ay buong giliw na niyakap ito at sinabi, "Malibang kayo'y magsipanumbalik, at maging tulad sa maliliit na bata, sa anumang paraan ay hindi kayo magsisipasok sa kaharian ng langit." Ang kasimplihan, ang pagkadi-mapagtanim, at ang mapagtiwalang pag-ibig ng isang maliit na bata ay mga likas na pinahahalagahan ng Langit. Ito ang mga likas ng tunay na kadakilaan.

Muling ipinaliwanag ni Jesus sa mga alagad na ang kaharian Niya ay hindi napagkikilala sa pamamagitan ng makalupang karangalan at pagkatanghal. Sa paanan ni Jesus ay nalilimutan ang lahat ng mga pagkakaibaibang ito. Ang mayaman at dukha, ang nag-aral at dinag-aral, ay nagkakasalu-salubong, na di-naiisip ang pagkakaiba-iba ng uri nila o ang makasanlibutang kahigitan ng isa't isa sa kanila. Lahat ay nagtatagpong gaya ng mga kaluluwang binili ng dugo, na para-parang umaasa sa Isa na tumubos sa kanila sa Diyos.

Ang tapat na nagsisising kaluluwa ay mahalaga sa paningin ng Diyos. Inilalagay Niya ang sarili Niyang tanda o tatak sa kanila, hindi dahil sa kanilang mataas na kalagayan, hindi dahil sa sila'y mayaman, hindi dahil sa kalakhan ng kanilang karunungan, kundi dahil sa kanilang pagiging-isa kay Kristo. Nasisiyahan ang Panginoon ng kaluwalhatian sa mga maaamo at mga mapagpakumbabang puso. "Iyo namang ibinigay sa akin," wika ni David, "ang kalasag na Iyong panligtas: ... at ang Iyong kahinahunan"—bilang isang sangkap sa likas ng tao—ay "pinadakila ako." Awit 18:35.

"Ang sinumang tumanggap sa isa sa mga ganitong maliliit na
[628] bata sa Aking pangalan," sinabi ni Jesus, "ay Ako ang tinatanggap: at ang sinumang tumanggap sa Akin, ay hindi Ako ang tinatanggap, kundi Yaong sa Aki'y nagsugo." "Ganito ang sabi ng Panginoon,

Ang langit ay Aking luklukan, at ang lupa ay Aking tuntungan: ... nguni't ang taong ito ay titingnan Ko, samakatwid bagay siyang dukha at may pagsisising loob, at nanginginig sa Aking salita." Isaias 66:1, 2.

Ang mga salita ng Tagapagligtas ay nakapukaw sa mga alagad ng isang damdamin ng di--pagtitiwala sa sarili. Wala Siyang tinukoy na sinuman sa Kaniyang isinagot; nguni't si Juan ay naakay na magtanong kung tumpak ang ginawa niya minsan. Taglay ang espiritu ng isang batang inilahad niya ang bagay na iyon sa harap ni Jesus. "Guro," sabi niya, "nakita namin ang isa na sa pangalan Mo'y nagpapalabas ng mga demonyo; at pinagbawalan namin siya, sapagka't siya'y hindi sumusunod sa atin."

Inisip ni Santiago at ni Juan na ang pagpigil nila sa taong iyon ay sa ikararangal ng kanilang Panginoon, subali't nahalata nilang ang ipinagmamalasakit nila ay ang kanilang mga sarili. Kinilala nila ang kanilang pagkakamali, at tinanggap ang suwat ni Jesus. "Huwag ninyong pagbawalan siya: sapagka't walang taong gumagawa ng makapangyarihang gawa sa pangalan Ko, na pagdaka'y makapagsasalita nang masama tungkol sa Akin." Wala ni isa mang nakikipagkaibigan kay Kristo na itataboy. Marami ang lubhang nabagbag ang loob dahil sa likas at gawain ni Kristo, na ang mga puso'y binubuksan sa Kaniya sa pananampalataya; at ang mga alagad, na hindi nakababasa ng mga adhikain, ay kailangang maging maingat na huwag mapapanlupaypay ang mga kaluluwang ito. Pagka si Jesus ay hindi na nila kasama, at ang gawain ay maiwan na sa kanilang mga kamay, hindi sila dapat magmaramot na sarili na lamang nila ang titingnan, kundi magpapamalas sila ng pakikiramay [629]
ding iyon na nakita nila sa kanilang Panginoon.

Kahit na ang isang tao ay hindi umaayon sa lahat ng mga bagay na ating pinaniniwalaan o inaakala ay hindi ito nagbibigay-katwiran sa atin na pagbawalan siya na gumawa para sa Diyos. Si Kristo ang Dakilang Guro; hindi tayo dapat humatol o dapat mag-utos, kundi buong kapakumbabaang bawa't isa sa atin ay maupo sa paanan ni Jesus, at mag-aral sa Kaniya. Lahat ng kaluluwang pinaging-handa ng Diyos ay isang kasangkapang sa pamamagitan nito ihahayag ni Kristo ang Kaniyang nagpapatawad na pag-ibig. Gaano nga dapat tayong magingat baka mapahina natin ang loob ng isa sa mga

tagadala ng ilaw ng Diyos, at sa gayo'y mahadlangan ang mga silahis ng liwanag na nais Niyang mapasikat sa sanlibutan!

Ang marahas o ang malamig na pakikitungo ng isang alagad sa isang pinalalapit ni Kristo—gaya ng ginawa ni Juan na pinagbabawalan niya ang isa sa paggawa ng mga himala sa pangalan ni Kristo—ay maaaring humantong sa pagbaling ng mga paa nito patungo sa landas ng kaaway, at maging sanhi ng pagkawaglit ng isang kaluluwa. Sa halip na gumawa nito ang isang tao, wika ni Jesus, "ay mabuti pa sa kaniya kung bitinan ang kaniyang leeg ng isang malaking gilingang-bato, at siya'y ibulid sa dagat." At ang dugtong pa Niya, "Kung ang kamay mo ay makapagpapatisod sa iyo, ay putulin mo: mabuti pa sa iyo ang pumasok sa buhay na pingkaw, kaysa may dalawang kamay kang mapasa impiyerno, sa apoy na hindi mapapatay. At kung ang paa mo'y makapagpapa tisod sa iyo, ay putulin mo: mabuti pa sa iyo ang pumasok kang pilay sa buhay, kaysa may dalawang paa kang mabulid sa impiyerno." Marcos 9:43-45.

Bakit ganitong matinding pangungusap ang ginamit? Sapagka't
[630] "ang Anak ng tao ay naparito upang hanapin at iligtas ang nawala." Ang mga alagad ba Niya ay magpapakita ng lalong maliit na pagpapahalaga sa mga kaluluwa ng kanilang mga kapwa tao kaysa ipinakita ng Hari ng kalangitan? Ang bawa't kaluluwa ay nagkahalaga ng di-matatayang halaga, at napakabigat ngang kasalanan ang magtaboy ng isang kaluluwa na palayo kay Kristo, na anupa't nawawalan ng kabuluhan sa kaniya ang pag-ibig at pagpapakumbaba at paghihirap ng Tagapagligtas.

"Sa aba ng sanlibutan dahil sa mga kadahilanan ng pagkatisod! sapagka't kinakailangang dumating ang mga kadahilanan." Mateo 18:7. Ang sanlibutan, palibhasa'y inuudyukan ni Satanas, ay tiyak na sasalansang sa mga sumusunod kay Kristo, at sisikaping ilugso ang kanilang pananampalataya; nguni't sa aba niya na tumanggap sa pangalan ni Kristo, nguni't nasusumpungang gumagawa ng gawaing ito. Ang Panginoon natin ay inilalagay sa kahihiyan ng mga nagsisipag-angking naglilingkod sa Kaniya, subali't hindi naman nagpapakita ng Kaniyang likas; at napakarami ang nangadaraya, at naaakay sa mga maling landas.

Anumang pag-uugali o gawain na magbubulid sa pagkakasala, at magdudulot ng kapulaan kay Kristo, ay mabuti pang ito'y al-

isin o iwaksi, anuman ang maging pagpapakasakit. Anumang di-makapagpaparangal sa Diyos ay hindi makabubuti sa kaluluwa. Ang pagpapala ng langit ay hindi igagawad sa sinumang tao na lumalabag sa mga walang-hanggang simulain ng katwiran. At ang isang kasalanang kinikimkim ay sapat na upang gumawa ng pagpapababa sa likas, at magsinsay sa iba. Kung ang paa o ang kamay ay puputulin, o kung ang mata ay siyang dudukitin, upang mailigtas ang katawan sa kamatayan, gaano pa nga lalo tayong dapat magsumikap na alisin ang kasalanan, na siyang pumapatay sa kaluluwa!

Sa seremonya ng paghahandog, ang bawa’t hain ay nilalagyan [631] ng asin. Ito, katulad ng handog na kamanyang, ay nangangahulugang katwiran lamang ni Kristo ang magpapagindapat upang ang paghahandog ay tanggapin ng Diyos. Sa pagbanggit sa paghahandog na ito, ay ganito ang sinabi ni Jesus, “Bawa’t hain ay aasnan.” “Taglayin ninyo sa inyong sarili ang asin, at kayo’y magkaroon ng kapayapaan sa isa’t isa.” Lahat ng mga nagnanais na ihandog ang kanilang mga sarili na “isang haing buhay, banal, na kaya-aya sa Diyos” (Roma 12:1), ay dapat tumanggap ng nagliligtas na asin, ang katwiran ng ating Tagapagligtas. Sa gayon sila’y nagiging “asin ng lupa,” na pumipigil ng kasamaan sa gitna ng mga tao, na tulad ng asin na nakahahadlang sa pagkabulok. Mateo 5:13. Subali’t kung ang asin ay tumabang; kung ang kabanalan ay isang pagpapanggap lamang, kung wala ang pag-ibig ni Kristo, ay wala itong kapangyarihan para gumawa xig mabuti. Ang ganiyang kabuhayan ay hindi makalilikha ng nagliligtas na impluwensiya sa sanlibutan. Ang iyong lakas at kasanayan sa pagtatayo ng Aking kaharian, sinasabi ni Jesus, ay nakasalig sa inyong pagtanggap ng Aking Espiritu. Dapat kayong maging mga kabahagi ng Aking biyaya, upang kayo’y maging mabangong samyo ng buhay sa ikabubuhay. Kung magkagayo’y hindi magkakaroon ng pagpapang-agaw, ng pagkamakasarili, ng pagnanasa ng pinakamataas na lugar o tungkulin. Mapapasainyo ang pag-ibig na yaon na hindi-hinahanap ang sa kaniyang sarili, kundi ang sa ikasasagana ng iba.

Ipako nga ng nagsisising makasalanan ang kaniyang mga paningin sa “Kordero ng Diyos, na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan” (Juan 1:29); at sa pamamagitan ng kaniyang pagtingin, siya’y mababago. Ang kaniyang pagkatakot ay mahahalinhan ng katuwaan, at ang kaniyang mga alinlangan ay mapapalitan ng pag-

[632] asa. Bubukal sa kaniyang puso ang pasasalamat at pagkilala ng utang-na-loob. Maaagnas ang batong puso. Isang alon ng pag-ibig ang lalagom sa kaluluwa. Sa ganang kaniya si Kristo ay isang balon ng tubig na bumubukal sa buhay na walang-hanggan. Pagka nakikita natin si Jesus, na isang Tao sa Kapanglawan at bihasa sa kadalamhatian, ay gumagawa upang iligtas ang mga waglit, na inuuyam, nililibak, kinukutya, at pinalalayas mula sa isang siyudad hanggang sa iba pang mga siyudad hanggang sa maganap ang Kaniyang misyon; pagka nakikita natin Siya sa Gethsemane, na pinapawisan ng malalaking patak ng dugo, at sa krus ay namamatay sa paghihirap —pagka nakikita natin ito, ang sarili ay hindi na maghahangad na matanyag o kilalanin. Pagtingin natin kay Jesus, ay mahihiya tayo sa ating kawalan-ng-sigla, sa ating pagkakatulog, at sa ating pagkamakasarili. Magiging handa tayo sa anuman, upang ating mapaglingkuran nang buong puso ang Panginoon. Ikatutuwa nating magpasan ng krus na kasunod ni Jesus, magtiis ng pagsubok, ng pagkapahiya, o ng pag-uusig alang-alang sa Kaniyang kamahalan.

"Tayo ngang malalakas ay nararapat mangagbata ng kahinaan ng mahihina, at huwag tayong mangagbigaylugod sa ating sarili." Roma 15:1. Walang sinumang kaluluwa na sumasampalataya kay Kristo, bagama't mahina ang kaniyang pananampalataya, at nag-uulik-ulik ang kaniyang mga hakbang na tulad ng sa isang maliit na bata, na dapat hamak-hamakin. Anuman ang ating kalamangan sa mga iba,—iyon man ay sa pinag-aralan at kalinangan, sa kadakilaan ng likas, kasanayang Kristiyano, at karanasang panrelihiyon—ay mayroon tayong utang sa mga hindi gasinong tumanggap ng pagpapala; at, sa abot ng ating makakaya, ay dapat tayong maglingkod sa kanila. Kung tayo'y malalakas, dapat nating alalayan ang mga kamay ng mahihina. Ang mga anghel ng kaluwalhatian, na laging nakakakita
[633] ng mukha ng Ama sa langit, ay naliligayahan sa paglilingkod sa maliliit Niyang kinapal na ito. Ang mga nanginginig na kaluluwa, na may iba't ibang kapintasan ng likas, ay siya nilang tanging pinaglilingkuran. Ang mga anghei ay lagi nang naroroon sa dakong sila'y lalong kailangan, na kasama niyaong mga may pinakamahihirap na pakikipagbakang ginagawa laban sa sarili, at may mga kapaligirang lubos na nakapanghihina ng loob. At sa paglilingkod na ito ay makikipagtulungan ang mga tunay na taga sunod ni Kristo.

Kung ang isa sa malilit na ito ay madaig, at makagawa ng pagkakasala sa inyo, tungkulin nga ninyo na pagsikapang siya'y mapanumbalik. Huwag ninyong hintaying siya ang maunang lumapit sa inyo upang makipagkasundo. "Ano ang akala ninyo?" sabi ni Jesus; "kung ang isang tao ay may sandaang tupa, at maligaw ang isa sa mga yaon, hindi baga iiwan niya ang siyamnapu't siyam, at pasasa kabundukan, at hahanapin ang naligaw? At kung mangyaring masumpungan niya, ay katotohanang sinasabi Ko sa inyo, na magagalak nang higit dahil dito, kaysa siyamnapu't siyam na hindi nangaligaw. Gayundin naman na hindi nga kalooban ng inyong Amang nasa langit, na ang isa sa maliliit na ito ay mapahamak."

Sa espiritu ng kaamuan, "na iyong pagwariin ang iyong sarili, baka ikaw naman ay matukso" (Galacia 6:1), lapitan mo o puntahan mo ang nagkakasala, at "ipakilala mo sa kaniya ang kaniyang kasalanan na ikaw at siyang mag-isa." Huwag mo siyang hihiyain sa pamamagitan ng pagbubunyag sa iba ng kaniyang pagkakamali, ni huwag mo ring pawawalang-karangalan si Kristo sa pamamagitan ng paghahayag sa madla ng pagkakasala o pagkakamali ng isa na nagtataglay ng pangalan Niya. Kadalasan ang katotohanan ay kailangang buong linaw na masabi sa nagkakamali; kailangang siya'y maakay na makita niya ang kaniyang pagkakamali, upang [634]
siya'y magbago. Subali't hindi mo siya dapat husgahan o hatulan. Huwag ninyong tatangkaing ipakilala na kayo'y walang-kasalanan sa nangyari. Gawin ninyo ang inyong buong pagsisikap sa ikapanunumbalik niya. Sa paggamot sa mga sugat ng kaluluwa, ay kailangan ang lalong maingat na dampi o hipo ng kamay. Pag-ibig lamang na dumadaloy mula sa Isang Naghirap sa Kalbaryo ang kailangan dito. Taglay ang mahabaging paggiliw, na lumapit ang kapatid sa kapatid, yamang natatalastas na kung kayo'y magtagumpay ay kayo'y "magliligtas ng isang kaluluwa sa kamatayan," at "magtatakip ng karamihang kasalanan." Santiago 5:20.

Subali't ang paraan mang ito ay maaari ding mabigo. Kaya nga sinabi ni Jesus, "magsama ka pa ng isa o dalawa." Baka sakaling ang magkalakip ng impluwensiya nila ay manaig at makabuti yamang ang unang paraan ay di-nagtagumpay. Palibhasa'y hindi sila kasangkot sa usapan, malamang na sila'y hindi kikiling o papanig sa kaninuman, at ang pangyayaring ito ay magbibigay ng lalong malaking bigat at bisa sa payo nila sa nagkakamali.

Kung hindi pa rin niya sila pakikinggan, kung gayon, ang bagay ay dapat nang dalhin sa harap ng buong kapulungan ng mga sumasampalataya. Ang mga kaanib ng iglesya, bilang mga kinatawan ni Kristo, ay dapat magkaisa sa panalangin at sa mapagmahal na pakikiusap upang ang nagkasala ay mapanumbalik. Magsasalita ang Banal na Espiritu sa pamamagitan ng Kaniyang mga lingkod, at makikiusap sa naliligaw upang siya'y manumbalik sa Diyos. Si apostol Pablo, nang magsalita sa ilalim ng pagkasi ng Espiritu Santo, ay nagwika, "Waring namamanhik ang Diyos sa pamamagitan namin: kayo'y pinamamanhikan namin sa pangalan ni Kristo, na kayo'y makipagkasundo sa Diyos." 2 Corinto
[635] 5:20. Siyang tumatanggi sa magkakasamang pakikiusap na ito ay lumalagot sa panaling bumibigkis sa kaniya kay Kristo, at sa ganito'y inihihiwalay ang kaniyang sarili sa pakikisama o kapatiran ng iglesya. Mula ngayon, sabi ni Jesus, "ay ipalagay mo siyang tulad sa Hentil at maniningil ng buwis." Gayunma'y hindi naman siya dapat ituring na hiwalay na sa kahabagan ng Diyos. Huwag nga siyang hamakin o pabayaan ng kaniyang dating mga kapatid, kundi siya'y dapat pakitunguhan nang may pag-ibig at may pagkahahabag, bilang isang nawaglit na tupa na patuloy pa ring hinahanap ni Kristo upang maibalik sa Kaniyang kulungan.

Ang tagubilin ni Kristo tungkol sa marapat ipakitungo sa nagkakasala ay pag-uiit lamang sa lalong tiyak na paraan sa turong ibinigay sa Israel sa pamamagitan ni Moises: "Huwag ninyong kapopootan ang inyong kapatid sa inyong puso: tunay na inyong sasawayin ang inyong kapwa, upang huwag kayong magtaglay ng kasalanan dahil sa kaniya." Levitico 19:17. Samakatwid baga'y, kung hindi gawin ng isang tao ang tungkuling itinagubilin ni Kristo, na pagsikapang mapanumbalik ang mga nagkakamali at nagkakasala, ay nakakaramay siya sa pagkakasala. Sapagka't ang mga kasamaang dapat sana'y nasansala natin, ay sagutin din natin na para bagang tayo na rin ang gumagawa.

Datapwa't sa gumawa ng pagkakasala dapat nating ipakilala ang kamaliang kaniyang ginawa. Hindi natin ito dapat pag-usap-usapan at tuli-tuligsain sa ating mga sari-sarili; ni pagkatapos mang ito'y naihayag sa iglesya, ay malaya na tayong ito'y ulit-ulitin sa iba. Kung malalaman ng mga di-sumasampalataya ang mga kasalanan ng mga Kristiyano ay magiging katitisuran lamang ito sa kanila; at

kung ito naman ay lagi nating pag-uusapusapan, ay makapipinsala ito sa atin; sapagka't sa pagtingin ay nababago tayo. Samantalang sinisikap nating ituwid ang mga kamalian ng isang kapatid, ang [636]
Espiritu ng Diyos ang aakay sa atin na ipagsanggalang siya sa panunuligsa ng kaniyang mga kapatid, at lalo na nga sa panunuligsa ng mga di-sumasampalataya. Tayo man ay nagkakamali rin, at nangangailangan ng awa at kapatawaran ni Kristo, at kung ano ang nais nating ipakitungo Niya sa atin, ay inaatasan Niya tayong gayon ang gawin nating pakikitungo sa isa't isa.

"Ang lahat ng mga bagay na inyong talian sa lupa ay tatalian sa langit: at ang lahat ng mga bagay na inyong kalagan sa lupa ay kakalagan sa langit." Kayo'y gumaganap bilang mga sugo ng langit, at ang mga ibubunga ng iyong gawain ay pangwalang-hanggan.

Nguni't hindi tayo nag-iisa sa pagpasan ng ganitong mabigat na kapanagutan. Saanman tinatalima ang Kaniyang salita na may tapat na puso, ay tumatahan doon si Kristo. Hindi lamang Siya humaharap sa mga kapulungan ng iglesya, kundi saanman nagtitipon ang mga alagad sa Kaniyang pangalan, iilan man iyon, ay doroon din naman Siya. At sinasabi Niyang, "Kung pagkasunduan ng dalawa sa inyo sa lupa ang nauukol sa anumang bagay na kanilang hihingin, ay gagawin sa kanila ng Aking Ama na nasa langit."

Sinasabi ni Jesus, "Aking Ama na nasa langit," na parang ipinaaalaala sa Kaniyang mga alagad na bagama't sa Kaniyang pagkatao ay Siya'y nakakawing sa kanila, na kasama-sama sa mga pagsubok, at karamay-damay nila sa kanilang mga paghihirap, sa Kaniya namang pagka-Diyos ay Siya'y nakaugnay sa luklukan ng Walanghanggang katiyakan! Ang mga anghel ng langit ay nakikiisa sa mga tao sa kanilang pakikiramay at paggawa para sa ikaliligtas ng mga nawawaglit. At ang buong kapangyarihan ng langit ay tumutulong sa kakayahan ng tao upang mailapit kay Kristo ang mga kaluluwa. [637]

# Kabanata 49—Sa Pista ng mga Tabernakub

Ang kabanatang ito ay batay sa Juan 7:1-15,. 37-39.

Tatlong beses sa isang taon ang mga Hudyo ay kailangang magkatipon sa Jerusalem para sa mga tanging pulong. Ang dinakikitang Lider ng Israel, na nakukublihan ng haliging ulap, ay siyang nagbigay ng mga tagubilin tungkol sa mga pagtitipong ito. Nang nasa pagkabihag ang mga Hudyo, hindi nila ito naisagawa; datapwa't nang sila'y makabalik na sa sarili nilang bayan, sinimulan nila uli ang pagsasagawa ng mga alaala o mga pagpipistang ito. Pinanukala ng Diyos na ang mga taunang kapistahang ito ay magpaalaala sa kanila ng tungkol sa Diyos. Nguni't ito'y nalimutan ng mga saserdote at ng mga lider ng bansa, liban sa ilang nakaalaala pa rin. Yaong nagtakda ng mga pagpupulong na ito ng bayan at nakaunawa ng kahulugan ng mga ito ay nakasaksi sa kabalakyutan o pagsinsay nila.

Ang Pista ng mga Tabernakulo ay siyang katapusang pagtitipon ng taon. Ang panukala ng Diyos sa panahong ito ay bulay-bulayin ng mga tao ang Kaniyang kabutihan at kaawaan. Ang buong lupain ay sumailalim ng Kaniyang pamamatnubay, at tumatanggap ng Kaniyang pagpapala. Araw at gabi'y nagpatuloy ang Kaniyang
[638] pag-iingat. Ang lupa ay pinapagbunga ng araw at ulan. Buhat sa
[639] mga libis at mga kapatagan ng Palestina ay tinipon ang mga inani.
Napitas na ang mga bunga ng olibo, at ang mahalagang langis ay naisilid na rin sa mga bote. Ang palma ay namunga na at naikamalig na. Ang mapupulang kumpol ng ubas ay napisa na sa alilisan.

Ang pista ay tumagal nang pitong araw, at maraming nagbuhat sa ibang mga lupain ang nag-iwan ng mga tahanan nila, at nagpunta sa Jerusalem upang dumalo sa kapistahan na kasama ng mga naninirahan sa Palestina. May mga taong nagsirating na nagsipagbuhat sa malayo at sa malapit, na may mga dalang sagisag ng kanilang pagkakatuwa. Matatanda at bata, mayayaman at maralita, lahat ay nagdala ng kaloob na pasasalamat sa Kaniya na nagbigay ng

kasaganaan sa buong santaon, at ginawa ang Kaniyang mga landas na tumutulo sa katabaan. Lahat ng nakalulugod tingnan, at nakapagpapasaya sa lahat, ay kinuha sa kagubatan; kaya't ang buong siyudad ay nagmistulang isang maganda't ginayakang kagubatan.

Ang pistang ito ay hindi lamang pasasalamat sa pagaani, kundi pag-aalaala rin sa pag-aalaga at pag-iingat ng Diyos sa Israel doon sa ilang. Bilang paggunita sa buhay nilang nakatira sa tolda, ang mga Israelita ay tumahan sa mga kubol o mga tabernakulong yari sa mga sariwang sanga ng kahoy sa panahon ng kapistahan. Itinayo nila ang mga kubol o mga balag na ito sa mga lansangan, sa mga patyo ng templo, o sa bubungan ng mga bahay. Ang mga burol at mga kapatagang nakapaligid sa Jerusalem ay namutiktik din sa mga balag o madahong tirahang ito, at parang buhay sa mga tao.

Ipinagdiwang ng mga mananamba ang kapistahang ito sa pamamagitan ng banal na awit at pasasalamat. Ilang araw bago dumating ang kapistahan ay ang tinatawag na Araw ng Pagtubos, na sa araw na ito, ay ipinahahayag ng bayan ang kanilang mga kasalanan, at pag- katapos ay sinasabing sila'y pinatawad na ng Langit. Sa gani- [640]
tong paraan inihanda ang lahat para sa pagdiriwang ng kapistahan. "Oh mangagpasalamat kayo sa Panginoon; sapagka't Siya'y mabuti: sapagka't ang Kaniyang kagandahang-loob ay magpakailanman" (Awit 106:1)—ito ang buong lakas na ipinagsigawan, samantalang lahat ng uri ng tugtugin, na nahahaluan ng mga sigaw na hosana, ay sumaliw sa magkakalakip na pag-aawitan. Ang templo ay siyang sentro ng lahat ng katuwaan. Naririto ang dingal ng mga seremonyang ukol sa paghahain. Nakahanay sa magkabilang panig ng maputing hagdang marmol ng banal na gusali ang koro ng mga Levita na namuno sa pag-aawitan. Ang karamihang sumasamba naman, na nagwawagayway ng kanilang mga sanga ng palma at mirto, ay sumaliw sa himig, at nakisabay sa koro; at ang himig ay muli namang hinagip ng mga tinig na nasa malapit at nasa malayo, hanggang sa ang nakapaligid na mga burol ay nagsipag-inugong sa papuri.

Sa gabi ang templo at ang patyo nito ay nagliliwanag sa sari-saring mga ilaw. Ang tugtugan, ang pagwawasiwas ng mga sanga ng palma, ang masasayang hosana, ang malaking pulutong ng mga tao, na tinatamaan ng liwanag ng nagbiting mga ilawan, ang gayak at ayos ng mga saserdote, at ang kamaharlikaan ng mga seremonya,

ay pawang nagkatulung-tulong upang maging lubhang nakaaantig ng damdamin sa mga nanonood ang tanawing yaon. Nguni't ang lalong nakapupukaw ng'loob na seremonya ng pista, isa na siyang nakatatawag ng pinakamalaking pagkakatuwaan, ay ang isa na umaalaala sa isang pangyayari sa pagkakatira nila sa ilang.

Sa unang silahis ng bukang-liwayway, ay humihihip ang mga saserdote ng mahaba at matindi sa pilak nilang mga pakakak, at ang sumasagot na ibang mga pakakak, at ang masasayang sigawan ng
[641] mga taong nasa mga balag o mga kubol, na sunud-sunurang nagsisigawan sa buong burol at kapatagan, ay sumasalubong sa araw ng kapistahan. Pagkatapos ay isinasalok ng saserdote ang isang pitsel sa umaagos na batis ng Kedron, at itinataas ito, at habang hinihipan ang mga pakakak, siya'y umaakyat sa malalapad na baytang ng templo, at kasabay ng banayad na tugtog ng musika ang mabagal at mga sukat naman niyang paghakbang, samantala'y inaawit naman ang, "Ang mga paa natin ay nagsisitayo sa loob ng iyong mga pintuang-bayan, Oh Jerusalem." Awit 122: 2.

Dala niya ang pitsel ng tubig sa dambanang nakatayo sa gitna ng patyo ng mga saserdote. Dito ay may dalawang palangganang pilak, na sa harap ng bawa't isa nito ay nakatayo ang isang saserdote. Ang pitsel ng tubig ay ibinubuhos sa isang palanggana, at isa namang pitsel ng alak ang ibinubuhos sa pangalawang palanggana; at ang laman ng dalawang ito ay umaagos sa tubong patungo sa batis ng Kedron, at humahangga sa Dagat na Patay. Ang ganitong pagtatanghal sa banal na tubig ay nagpapakilala ng paglabas ng tubig sa malaking bato sa utos ng Diyos upang mapatid ang uhaw ng mga anak ni Israel. Pagkatapos ay biglang umaalingawngaw ang masayang awit, "Ang Panginoong si Jehoba ay aking kalakasan at awit;" "kaya't kayo'y iigib ng tubig na may kagalakan sa mga balon ng kaligtasan." Isaias 12:2, 3.

Nang gumagayak nang dumalo ang mga anak ni Jose sa Pista ng mga Tabernakulo, nakita nilang hindi man lamang kumikilos si Kristo na magpapakilala ng balak Niyang pagdalo. Minasdan nila Siyang may pananabik. Buhat nang pagalingin Niya ang lalaki sa Bethesda ay hindi na Siya dumalo sa mga pambansang pagtitipon. Upang maiwasan ang walang-kabuluhang pakikipagtalo sa mga pinuno sa Jerusalem, ay tinakdaan Niya ang mga paggawa Niya sa
[642] Galilea. Ang waring pagpapabaya Niya sa malalaldng pagtitipong

ito na ukol sa relihiyon, at ang pagkapoot sa Kaniya ng mga saserdote at ng mga rabi, ay naging sanhi ng kagulumihanan sa mga taong nasa palibot Niya, at maging sa sarili Niyang mga alagad at mga kamag-anak. Pinakaliwanag Niya sa Kaniyang mga pagtuturo ang mga pagpapalang dulot ng pagtalima sa kautusan ng Diyos, at gayon pa man Siya'y waring nagwawalang-bahala sa pagtitipong Diyos ang nagtatag. Ang pakikihalubilo Niya sa mga manimngil ng buwis at iba pang masasamang tao, ang Kaniyang dipagpansin sa mga kaugaliang sinusunod ng mga rabi, at ang Kaniyang pagsasa-isantabi sa mga pinagkaugaliang utos tungkol sa pangingilin ng Sabado, na lahat ng ito ay waring ikinamuhi sa Kaniya ng mga pinuno ng relihiyon, ay nag-udyok ng pag-aalinlangan sa marami. Inakala ng mga kapatid Niya na mali ang paglayo Niya sa mga dakila at matatalinong tao ng bansa. Ang pakiramdam nila ay tama ang mga taong ito, at si Jesus ay mali sa paglaban sa kanila. Nguni't nakita naman nilang walang maipipintas sa Kaniyang kabuhayan, at bagaman hindi pa nila ibinibilang ang kanilang mga sarili na kasama ng mga alagad, sila naman ay lubhang nakikilos ng Kaniyang mga gawa. Ang pagkakabantog Niya sa Galilea ay nakasisiya sa kanilang hangarin; inaasahan pa rin nilang ipakikita Niya ang Kaniyang kapangyarihan na aakay sa mga Pariseong maniwala na Siya nga ang Mesiyas. Ano nga kaya't Siya na ang Mesiyas, ang prinsipe ng Israel! Inisip-isip nila ito nang may kasiya-siyang pagmamalaki.

Lubha nilang ikinasabik ang tungkol sa bagay na ito na anupa't pinilit nilang papuntahin si Kristo sa Jerusalem. "Umalis Ka rito," wika nila, "at pumaroon Ka sa Judea, upang makita naman ng Iyong mga alagad ang mga gawang Iyong ginagawa. Sapagka't walang taong gumagawa ng anumang bagay na lihim, at nagsisikap ihayag [643]
ang kaniyang sarili. Kung ginagawa Mo ang mga bagay na ito ay pakilala Ka sa sanlibutan." Ang "kung" 2y nagpapakilala ng pag-aalinlangan at di-paniniwala. Inisip nilang Siya'y naduduwag at mahina. Kung talagang alam Niyang Siya nga ang Mesiyas, bakit Siya atubili at di-kumikilos? Kung sadyang Siya'y may kapangyarihan, bakit hindi Siya pumunta sa Jerusalem nang buong katapangan, at ipahayag ang Kaniyang mga inaangkin? Bakit hindi Niya gawin sa Jerusalem ang mga kahangahangang gawang napabalitang ginawa Niya sa Galileaˆ Huwag Kang magtago sa mga liblib na lalawigan, sabi nila, at gawin Mo ang makapangyarihan Mong mga gawa up-

ang pakinabangan ng mga magbubukid at mga mamamalakayang walang-muwang. Pakita Ka sa kabisera, papaniwalain Mo ang mga saserdote at mga pinuno sa bayan, at papagkaisahin Mo ang bansa sa pagtatatag ng bagong kaharian.

Ang mga katwiran ng mga kapatid na ito ni Jesus ay sa adhikaing makasarili na laging namamahay sa puso ng mga may hangaring matanghal. Ang diwang ito ay siyang naghahari sa sanlibutan. Sila'y nangagagalit sapagka't, sa halip na hangarin ni Kristo ang kahariang panlupa, ay itinanyag Niyang Siya ang tinapay ng buhay. Sila'y bigung-bigo nang iwanan Siya ng marami sa Kaniyang mga alagad. Sila man ay nagsitalikod din upang iwasan ang kahihiyan sa pagkilala sa inihahayag ng Kaniyang mga gawa—na Siya nga ang Isinugo ng Diyos.

"Nang magkagayo'y sinabi sa kanila ni Jesus, Hindi pa dumarating ang Aking panahon: datapwa't ang inyong panahon ay laging nahahanda. Hindi mangyayaring kayo'y kapootan ng sanlibutan; nguni't Ako'y kinapopootan, sapagka't ito'y Aking pinatototohanang masasama ang kaniyang mga gawa. Mangagsiahon kayo sa pista: Ako'y hindi aahon sa pistang ito; sapagka't hindi
[644] pa nagaganap ang Aking panahon. Nang masabi na Niya sa kanila ang mga salitang ito, ay nanahan pa Siya sa Galilea." Nagsalita sa Kaniya ang Kaniyang mga kapatid sa himig na pautos, na sinasabi ang hakbang na dapat Niyang gawin. Ibinalik Niya sa kanila ang suwat nila, at itinuring silang hindi nabibilang sa Kaniyang natatalagang mga alagad, kundi sa sanlibutan. "Hindi mang yayaring kayo'y kapootan ng sanlibutan," sinabi Niya, "nguni't Ako'y kinapopootan, sapagka't ito'y Aking pinatototohanang masasama ang kaniyang mga gawa." Hindi napopoot ang sanlibutan sa mga katulad nito ang diwa; bagkus minamahal pa nga sila.

Ang sanlibutan sa ganang kay Kristo ay hindi isang pook ng pagpapaginhawa at pagtatanghal ng sarili. Hindi Siya nag-aabang ng pagkakaton upang agawin ang kapangyarihan at kaluwalhatian nito. Wala itong ibinibigay na gayong gantimpala sa Kaniya. Ito ang pook na pinagsuguan sa Kaniya ng Kaniyang Ama. Siya'y ibinigay upang maging kahalili ng buhay ng sanlibutan, upang gawin ang dakilang panukala ng pagtubos. Ginagampanan Niya ang Kaniyang gawain para sa nagkasalang sangkatauhan. Nguni't hindi Siya dapat maging pangahas, hindi Siya dapat sumugba agad sa panganib, hindi

Niya dapat papagmadaliin ang isang krisis. Bawa't pangyayari sa Kaniyang gawain ay may kaniyang takdang oras. Dapat Siyang maghintay na may pagtitiis. Alam Niyang Siya'y kapopootan ng sanlibutan; alam Niyang ang Kaniyang gawain ay hahantong sa Kaniyang kamatayan; nguni't kung isusubo Niya ang Kaniyang sarili sa kamatayan nang wala sa panahon ay hindi ito magiging kalooban ng Kaniyang Ama.

Magbuhat sa Jerusalem ay lumaganap hanggang sa malalayong pook na pinangalatan ng mga Hudyo ang balita tungkol sa mga kababalaghan ni Kristo; at bagama't marami nang buwang hindi Siya dumadalo sa mga kapistahan, ay sabik pa rin sa Kaniya ang mga tao. Marami ang umahon sa Pista ng mga Tabernakulo buhat sa [645] lahat ng mga dako ng sanlibutan sa pag-asang makikita Siya roon. Sa pasimula ng pista ay marami ang nangag-usisa ukol sa Kaniya. Ang mga Pariseo at mga pinuno ay nagsipag-abang sa pagdating Niya, na nagsisiasang magkakaroon ng pagkakataong mahatulan Siya. Masidhi silang nagsipagtanong, "Saan naroon Siya?" nguni't walang makaalam. Siya ang nasa isip ng lahat. Dahil sa takot sa mga saserdote at mga pinuno, ay walang sinumang nangahas kumilalang Siya nga ang Mesiyas, nguni't sa lahat ng dako ay tahimik na pinag-uusapusapan Siya. Marami ang nagtanggol sa Kaniya na Siya nga ay isang sugong buhat sa Diyos, samantalang ang iba naman ay tinuligsa Siya bilang mandaraya ng mga tao.

Samantala'y tahimik na dumating si Jesus sa Jerusalem. Pinili Niya ang landas na bihirang daanan, upang maiwasan ang mga nagsisipaglakbay patungo sa siyudad na buhat sa lahat ng dako. Kung Siya'y nakisabay sa alinmang langkay-langkay na pulutong na nagsiahon sa pista, makikita Siya ng madla sa pagpasok Niya sa siyudad, at mangyayaring Siya'y ipagbunyi ng lahat na ikagagalit namang walang-pagsala ng mga maykapangyarihan. Upang maiwasan ang pangyayaring ito kaya minabuti Niyang maglakbay nang nag-iisa.

Noong nangangalahati na ang pista, nang kasalukuyang abalang-abala ang mga tao sa paghahanap sa Kaniya, pumasok Siya sa patyo ng templo na nakikita ng karamihan. Dahil sa wala Siya sa pista, ipinalagay na Siya'y natatakot na hulihin ng mga saserdote at mga pinuno. Ngayo'y namangha ang Iahat nang Siya'y makita. Nagtaka ang lahat sa dangal at tapang ng Kaniyang pagkakatayo sa gitna ng makapangyarihang mga kaaway na nauuhaw sa Kaniyang dugo.

[646] Sa gayong pagkakatayo, na sa Kaniya nakatuon ang pansin ng malaking karamihan, ay nagsalita si Jesus sa kanila sa paraang di-kailanman natularan ninuman. Ang mga pangungusap Niya ay nagpakilalang nalalaman Niya ang mga kautusan at mga kaugalian ng Israel, ang mga tuntunin ng paghahandog at ang mga turo o aral ng mga propeta, nang higit pa kaysa nalalaman ng mga saserdote at mga rabi. Iginiba Niya ang mga kuta ng pormalismo o patay na anyo at ng sali't-saling sabi. Ang mga pangyayari sa buhay na darating ay inilarawan Niyang parang nakahantad sa harap Niya. Palibhasa'y nakita Niya ang Di-nakikita ninuman, ay nasalita Niya nang may tiyak na kapangyarihan ang mga bagay na ukol sa lupa at ang mga bagay na ukol sa langit, at ang mga bagay ng tao at ang mga bagay ng Diyos. Ang mga salita Niya'y napakalilinaw at kapani-paniwala; at sa Capernaum, ang mga tao ay muling nangagtaka sa Kaniyang pangangaral; "sapagka't may kapangyarihan ang Kaniyang salita." Lukas 4:32. Sa ilalim ng iba't ibang paghahalimbawa ay binabalaan Niya ang mga nakikinig sa Kaniya tungkol sa kapahamakang darating sa mga tumatanggi sa mga pagpapalang siya Niyang ipinarito upang maibigay sa kanila. Binigyan Niya sila ng bawa't katibayang nagpapatunay na Siya'y nagbuhat sa Diyos, at ginawa na rin Niya ang lahat ng pagsisikap upang sila'y maakay sa pagsisisi. Sana'y hindi Siya itatakwil at ipapapatay ng sarili Niyang mga kababayan kung napigil o nasansala lamang Niya sila sa ganyang nakamumuhing kasalanan.

Nanggilalas ang lahat sa lawak ng nalalaman Niya tungkol sa kautusan at mga hula; at isa't isa'y nagtanong, "Paanong nakaaalam ang Taong ito ng mga karunungan, gayong hindi naman nag-aral kailanman?" Wala isa mang itinuturing na karapat-dapat maging guro sa relihiyon kung hindi siya nag-aral sa paaralan ng mga rabi,
[647] at kaya nga si Jesus at si Juan Bautista ay itinuring na walang-nalalaman sapagka't hindi sila nakapagaral sa mga paaralang ito. Ang mga nakarinig sa kanila ay nangagtaka sa karunungan o kaalaman nila sa mga Kasulatan, "gayong hindi naman nag-aral kailanman." Kung sa paaralan ng mga tao, tunay na hindi nga; subali't ang Diyos ng langit ay siyang nagturo sa kanilang dalawa, at sa Kaniya nagbuhat ang pinakamataas na uri ng karunungang tinanggap nila.

Nang magsalita si Jesus sa patyo ng templo, ay nangaumid ang mga tao. Ang mga taong lubhang mararahas sa Kaniya ay

nakadamang hindi nila kayang pinsalain Siya. Sandaling nalimutan nila ang lahat.

Sa araw-araw ay nagturo Siya sa mga tao, hanggang sa kahuli-hulihang araw, "na dakilang araw ng pista." Nang umagang ito ang mga tao ay hapo dahil sa haba o tagal ng kapistahan. Di-kaginsa-ginsa'y sumigaw si Jesus nang malakas, na nag-inugong sa buong patyo ng templo.

"Kung ang sinuman ay nauuhaw, ay pumarito sa Akin, at uminom. Ang sumasampalataya sa Akin, gaya ng sinasabi ng kasulatan, buhat sa kaniyang tiyan ay aagos ang mga ilog ng tubig ng buhay." Ang kalagayan ng mga tao ay nagpatindi sa pamanhik na ito. Nagpatuloy sila sa pagmamarangya at pagsasaya, nasilaw ang kanilang mga mata sa liwanag at sari-saring kulay, at ang kanilang mga pandinig ay naaliw ng nag-iinamang tugtugin; nguni't ang lahat ng mga seremonyang ito ay hindi nakapagdulot ng kinakailangan ng espiritu, hindi nakapagdulot ng makasisiya sa pagkauhaw ng kaluluwa sa bagay na hindi lumilipas. Inanyayahan sila ni Jesus na magsilapit at magsiinom sa bukal ng buhay, na sa kanila ay magiging isang balon ng tubig, na bumubukal hanggang sa walang-hanggang buhay.

Nang umagang yaon ay ginanap ng saserdote ang seremonyang nagpapaalaala sa pagkakahampas ng bato sa ilang. Ang batong [648] yaon ay sagisag Niyaong sa pamamagitan ng Kaniyang pagkamatay ay dadaloy ang mga buhay na agos ng kaligtasan sa lahat ng mga nangauuhaw. Ang mga salita ni Kristo ay siyang tubig ng buhay. Doon sa gitna na karamihang yaong nagkakatipon ay itinulot Niyang Siya'y hampasin, upang ang tubig ng buhay ay umagos sa sanlibutan. Sa paghampas kay Kristo, ay inakala ni Satanas na mapupuksa niya ang Prinsipe ng buhay; nguni't mula sa Batong hinampas ay lumabas at umagos ang tubig ng buhay. Nang makapagsalitang gayon si Jesus sa mga tao, sinidlan ang kanilang puso ng kakaibang damdamin, at marami ang noon din ay handa nang magsabi, tulad ng babaing Samaritana, ng "Ibigay Mo sa akin ang tubig na ito, upang ako'y huwag mauhaw." Juan 4:15.

Alam ni Jesus ang mga pangangailangan ng kaluluwa. Ang karingalan, mga kayamanan, at karangalan ay hindi makasisiya sa puso. "Kung ang sinuman ay nauuhaw, ay pumarito sa Akin." Ang mayaman, ang dukha, ang mataas, at ang aba, ay para-parang inaanyayahan. Siya'y nangangakong iibsan ng alalahanin ang isipang

nag-aalaala, aaliwin ang nalulumbay, at bibigyan ng pag-asa ang nanlulupaypay. Ang marami sa mga nakinig kay Jesus ay mga tumatangis sa pagkabigo, marami ang nagkikimkim ng lihim na pamimighati, marami ang nagsisikap na mabigyang-kasiyahan ang walang-humpay nilang pagmimithi ng mga bagay ng sanlibutan at ng papuri ng mga tao; subali't kung makamtan na ang lahat, nasusumpungan nilang ang tinamo lamang nila ay isang basag na sisidlang walang laman, na di-makapapatid ng kanilang kauhawan. Sa gitna ng kaakit-akit na pagkakasayahan ay naroon silang nakatayo, na di-nasisiyahan at malungkot. Ang biglang sigaw na, "Kung ang sinuman ay nauuhaw," ay gumitla sa kanilang malungkot na pagnini-
[649] lay-nilay, at nang marinig nila ang sumunod na mga pangungusap, ay nabuhay na muli sa kanilang isip ang isang bagong pag-asa. Iniharap sa kanila ng Espiritu Santo ang sagisag hanggang sa makilala nilang ito ang alok na kaligtasang di-matutumbasan ang halaga.

Ang anyaya ni Kristo sa nauuhaw na kaluluwa ay patuloy pa ring isinisigaw hanggang ngayon, at ito'y namamanhik sa atin nang lalong malakas kaysa sa mga nakarinig nito sa templo noong huling araw ng pista. Ang bukal ay bukas sa lahat. Ang mga napapagal at nahahapo ay inaalok ng nagpapaginhawang lagok ng buhay na walang-hanggan. Si Jesus ay patuloy pa ring nananawagan, "Kung ang sinuman ay nauuhaw, ay pumarito sa Akin, at uminom." "Ang nauuhaw ay pumarito. At ang may ibig, ay kumuhang walang-bayad ng tubig ng buhay." "Ang sinumang uminom ng tubig na sa kaniya'y Aking ibibigay ay hindi mauuhaw magpakailanman; nguni't ang tubig na sa kaniya'y Aking ibibigay ay magiging isang balon ng tubig na bubukal sa kabuhayang walang-hanggan."
[650] Apoealipsis 22:17; Juan 4:14.

# Kabanata 50—Sa Gitna ng mga Silo

Ang kabanatang ito ay batay sa Juan 7:16-36, 40-53; 8:1-11.

Sa buong panahon ng pista na si Jesus ay nasa Jerusalem ay minanmanan Siya ng mga tiktik. Arawaraw ay bago at bagong mga paraan ang sinubok nila upang Siya'y mapatahimik. Ang mga saserdote at mga pinuno ay nangagmamatyag upang Siya'y mabitag. May balak silang Siya'y patigilin sa pamamagitan ng dahas. Nguni't hindi lamang ito. Hangad din nilang hiyain ang Rabing ito ng Galilea sa harap ng mga tao.

Nang unang araw ng pagdalo Niya sa pista, nagsilapit sa Kaniya ang mga pinuno ng bayan, na nagtatanong ng kung sa anong kapangyarihan Siya nagtuturo. Ibig nilang maalis sa Kaniya ang pansin ng mga tao at malipat sa kung may karapatan Siyang magturo, at sa ganito'y lumitaw na sila ang mahalaga at makapangyarihan.

"Ang turo Ko ay hindi Akin," wika ni Jesus, "kundi Doon sa nagsugo sa Akin. Kung ang sinumang tao ay nagiibig gumawa ng Kaniyang kalooban, ay makikilala niya ang turo, kung ito'y sa Diyos, o kung Ako'y nagsasalita na mula sa Aking sarili." Juan 7:16, 17. Ang tanong ng mga mapagtutol na ito ay hindi sinagupa ni Jesus sa pamamagitan ng pagsagot sa tutol, kundi sa pamamagitan ng pagbubukas ng katotohanang mahalaga sa ikaliligtas ng kaluluwa. [651]
Ang pagkilala at pagpapahalaga sa katotohanan, wika Niya, ay hindi gasinong nababatay sa isip kundi sa puso. Ang katotohanan ay dapat tanggapin sa kaluluwa; dapat itong igalang ng kalooban. Kung ang isip ay sapat na upang isuri sa katotohanan, ang pagmamataas ay hindi magiging sagabal sa pagtanggap nito. Nguni't ang pagtanggap sa katotohanan ay gawain ng biyaya sa puso; at ang pagtanggap nito ay nakabatay sa pagtatakwil ng bawa't kasalanang ipinakikilala ng Espiritu ng Diyos. Ang mga kalamangan ng tao upang makaalam ng katotohanan, gaanoman kalaki ang mga kalamangang ito, ay hindi pakikinabangan malibang ang puso niya ay bukas upang tumanggap ng katotohanan, at malibang may iniuudyok-ng-budhing

pagpapasakop ng lahat ng ugali at gawaing salungat sa mga simulain nito. Sa mga gayong napasasakop sa Diyos, na may tapat na hangaring maalaman at ganapin ang Kaniyang kalooban, ang katotohanan ay nahahayag na siyang kapangyarihan ng Diyos sa ikaliligtas nila. Mapagkikilala nila kung sino ang nagsasalita para sa Diyos, at kung sino ang nagsasalita ng sa ganang kaniyang sarili. Hindi ipinanig ng mga Pariseo ang kanilang kalooban sa kalooban ng Diyos. Hindi nila pinagsisikapang makilala ang katotohanan, kundi ang pinagsisikapan nila ay ang makasumpong ng maidadahilan upang ito'y maiwasan; ipinakilala ni Kristo na ito ang dahilan kung bakit hindi nila naintindihan ang Kaniyang turo.

Ngayo'y ibinigay Niya ang isang pagsubok na pagkakakilanlan ng pagkakaiba ng isang tunay na tagapagturo at ng isang magdaraya: "Ang nagsasalita ng sa ganang kaniyang sarili ay humahanap ng kaniyang sariling kaluwalhatian: datapuwa't ang humahanap ng kaluwalhatian Niyaong sa kanya'y nagsugo, ang gayon ay totoo, at sa kaniya'y walang kalikuan." Juan 7:18. Ang humahanap ng
[652] sarili niyang kaluwalhatian ay nagsasalita ng sa ganang kaniyang sarili lamang. Ang diwa ng pagtatanyag sa sarili ay nagkakanulo sa pinagmulan nito. Nguni't ang hinahanap ni Kristo ay ang ikaluluwalhati ng Diyos. Sinalita Niya ang mga salita ng Diyos. Ito ang katibayan ng Kaniyang kapangyarihan bilang isang tagapagturo ng katotohanan.

Nagbigay si Jesus sa mga rabi ng isang katibayan ng Kaniyang pagka-Diyos sa pagbasa Niya sa nilalaman ng kanilang mga puso. Buhat nang pagalingin Niya ang lalaki sa Bethesda ay binalak na nilang Siya'y patayin. Kaya nga sila rin ang manlalabag ng kautusan na ipinamamarali nilang kanilang ipinagtatanggol. "Hindi baga ibinigay sa inyo ni Moises ang kautusan," wika Niya, "at gayunma'y wala sa inyong gumaganap ng kautusan? Bakit ninyo pinagsisikapang Ako'y patayin?"

Tulad sa mabilis na kislap ng kidlat na inihayag ng mga salitang ito sa mga rabi ang balon ng kapahamakang malapit na nilang kahulugan. Bigla silang kinilabutan. Nadama nilang sila'y lumalaban sa Isang Walanghanggang Kapangyarihan. Nguni't ayaw silang pasaway. Upang mapamalagi nila ang impluwensiya nila sa mga tao, kailangang ilihim nila ang kanilang mga panukala ng pagpatay. Iniiwasan ang tanong ni Jesus na sila'y bumulalas, "Mayroon Kang

demonyo: sino ang nagsisikap na Ikaw ay patayin?" Ipinakakahulugan nilang ang mga kababalaghang gawa ni Jesus ay pawang udyok ng isang masamang espiritu.

Ang ganitong pakahulugan ay hindi pinansin ni Kristo. Patuloy Niyang ipinakilala na ang ginawa Niyang pagpapagaling sa Bethesda ay naaayon sa utos na ukol sa Sabbath, at iyon ay nabigyang-katuwiran ng paliwanag na ibinibigay ng mga Hudyo na rin sa kautusan. Sinabi Niya, "Ibinigay sa inyo ni Moises ang pagtutuli; ... at tinutuli ninyo sa araw ng Sabbath ang isang lalaki." Alinsunod sa kautusan, bawa't sanggol na lalaki ay dapat tuliin sa ikawalong [653]
araw. Sakaling tumama sa Sabbath ang takdang panahon o ang ikawalong araw, kailangan ngang tupdin din ang seremonya. Gaano pa nga lubhang naaayon sa diwa ng kautusan na ang isang tao'y "lubos na pagalingin sa araw ng Sabbath." At pinagsabihan Niya sila na "huwag kayong magsihatol ayon sa anyo, kundi magsihatol kayo nang matwid na paghatol."

Natahimik ang mga pinuno; at marami sa mga tao ang napabulalas, "Hindi ba Ito ang kanilang pinagsisikapang patayin? Nguni't, narito, Siya'y nagsasalitang may katapangan, at walang anumang sinasabi sila sa Kaniya. Napagkikilala kayang tunay ng mga pinuno na ito ang Kristo?"

Sa mga nagsisipakinig kay Kristo ay marami ang tumatahan sa Jerusalem, at natatalos nila ang mga pagsasabwatan ng mga pinuno laban sa Kaniya, at nadama nilang sila'y naaakit Niya sa pamamagitan ng isang dimapaglabanang kapangyarihan. Nagsumiksik sa kanilang diwa ang paniniwala na Siya nga ang Anak ng Diyos. Nguni't nakaabang naman si Satanas na handang magmungkahi ng alinlangan; at ang sarili nilang mga maling pala-palagay tungkol sa Mesiyas at sa Kaniyang pagparito ay siyang tumulong sa kanila upang mangyari ito. Lahat ay naniniwala na ang Kristo ay isisilang sa Bethlehem, subali't Siya'y isang panahong mawawala, at sa Kaniyang ikalawang pagpapakita ay walang makaaalam kung saan Siya nanggaling. Hindi kakaunti ang naniniwalang ang Mesiyas ay walang katutubong pagkakamag-anak sa mga tao. At sapagka't ang malaganap na paniniwala tungkol sa kaluwalhatian ng Mesiyas ay hindi nila nakita kay Jesus na taga-Nazareth, ang marami ay nakinig sa mungkahing, "Gayunman ay nalalaman namin kung saan

nanggaling ang Taong ito: datapwa't pagparito ni Kristo, sinuma'y
[654] walang makakaalam kung saan Siya nanggaling."

Habang sila'y ipinagtutulak-tulakan ng alinlangan at pananampalataya, inagaw ni Jesus ang kanilang isipan at sinagot sila: "Ako'y inyong nakikilala, at nalalaman din naman ninyo kung saan Ako galing: at hindi Ako naparito sa Aking sarili, datapwa't ang nagsugo sa Akin ay tunay, na hindi ninyo nakikilala." Sinasabi nilang alam nila kung saan dapat manggaling ang Kristo, nguni't ang totoo'y lubos silang walang nalalaman tungkol dito. Kung namuhay lamang sila nang ayon sa kalooban ng Diyos, nakilala sana nila ang Kaniyang Anak nang Siya ay pakita sa kanila.

Nalinawan ng mga nagsisipakinig ang mga salita ni Kristo. Maliwanag na inulit lamang Niya ang sinabi Niya sa harap ng Sanedrin marami nang buwan ang nakaraan, nang Siya na rin ang nagsabing Siya ang Anak ng Diyos. At kung paanong noon ay binalak ng mga pinuno na Siya'y patayin, gayundin naman sinisikap nila ngayon na Siya'y hulihin; nguni't hinadlangan sila ng isang kapangyarihang di-nakikita, na siyang pumigil sa kanilang galit. na nagsasabi, Hanggang diyan ka na lamang, at huwag ka nang magpatuloy pa.

Sa gitna ng mga tao ay maraming naniwala sa Kaniya, at kanilang sinabi, "Pagparito ng Kristo, ay gagawa pa baga Siya ng lalong maraming kababalaghan kaysa mga ginawa ng Taong ito?" Sabik na hinihintay ng mga lider ng mga Pariseo kung ano ang mangyayari, at narinig nila ang mga pahayag ng pagsang-ayon ng karamihan. Nagmadali silang nagtungo sa mga pangulong saserdote, at inilahad nila ang kanilang mga panukala na Siya'y hulihin. Gayunman, pinagkaisahan nilang Siya'y hulihin nang nag-iisa; sapagka't hindi nila mapangahasang hulihin Siya sa harap ng mga tao. Muling ipinakilala ni Jesus na nababasa Niya ang kanilang panukala o binabalak. "Makikisama pa Ako sa inyong sandaling panahon." sabi
[655] Niya, "at Ako'y paroroon sa nagsugo sa Akin. Hahanapin ninyo Ako, at hindi Ako masusumpungan: at kung saan Ako naroroon, ay hindi kayo makaparoroon." Sandali na lamang at makukubli na Siya sa dakong hindi maaabot ng kanilang pangungutya at pagkapoot. Aakyat na Siya sa Ama, upang muli na namang sambahin ng mga anghel; at doo'y di-kailanman makararating ang mga nagbabanta sa Kaniyang buhay.

Pakutyang nagsabi ang mga rabi, “Saan paroroon ang Taong ito, na hindi natin Siya masusumpungan? Siya kaya’y paroroon sa nagsipangalat sa gitna ng mga Hentil, at magtuturo sa mga Hentil?” Bahagya nang sumagi sa diwa ng mga mapagtutol at mga mangungutyang ito na ang kanilang mga panlilibak at paghamak ay naglalarawan ng misyon ni Kristo! Sa buong maghapon ay iniunat Niya ang Kaniyang mga kamay sa mga taong masuwayin at mapagtutol; gayunman Siya’y masusumpungan sa kanila na hindi nagsisihanap sa Kaniya; sa gitna ng mga taong hindi nagsisitawag sa Kaniyang pangalan ay pakikita Siya. Roma 10:20, 21.

Marami sa mga napaniwalang si Jesus ay siya ngang Anak ng Diyos ay nailigaw ng sinsay na pagmamatuwid ng mga saserdote at mga rabi. Malaki ang nagawa ng paulit-ulit na pagsasabi ng mga gurong ito na ang mga hula tungkol sa Mesiyas ay nagbabadyang Siya ay “maghahari sa Bundok ng Siyon, at sa Jerusalem, at sa harap ng Kaniyang mga matanda nang may buong kaluwalhatian;” at Siya’y “magtataglay ng kapamahalaan mula sa dagat at dagat, at mula sa ilog hanggang sa mga wakas ng lupa.” Isaias 24:23; Awit 72:8. Saka pakutya nilang inihambing ang kaluwalhatiang ito sa abang anyo at kaayusan ni Jesus. Isininsay nila ang mga salita ng hula na anupa’t parang tama ang mali nilang pakahulugan. Kung masikap lamang na pinag-aralan ng mga tao ang mga salita ng hula, hindi sana sila naililigaw. Ang ikaanimnapu’t isang kabanata ng Isaias ay nagpapatunay na gagawin nga ni Kristo ang gawang [656] ginawa Niya. Ang ikalimampu’t tatlong kabanata ay siya namang nagsasabing Siya ay itatakwil at maghihirap sa sanlibutan, at ang ikalimampu’t siyam na kabanata ay naglalarawan ng likas ng mga saserdote at ng mga rabi.

Hindi pinipilit ng Diyos ang mga taong iwan ang kanilang dipaniniwala. Nasa harap nila ang liwanag at ang kadiliman, ang katotohanan at ang kamalian. Nasa kanila ang pagpapasiya kung alin ang kanilang tatanggapin. Ang isip ng tao ay binigyan ng kapangyarihang makakilala ng pagkakaiba ng tama at ng mali. Hindi panukala ng Diyos na ang mga tao ay magpapasiya ng buhat sa simbuyo ng kanilang kalooban, kundi nang ayon sa bigat ng katibayan, na buong ingat na inihahambing ang talata sa kapwa talata. Kung isinaisantabi lamang ng mga Hudyo ang mali nilang pagkakilala at saka inihambing ang hulang nasusulat sa mga pangyayaring

natutupad sa buhay ni Jesus, napagkilala sana nila ang magandang pagkakatugma ng mga hula at ng mga nangyari sa buhay at ministeryo ng mapagpakumbabang-pusong taga-Galilea.

Marami ang nadadaya ngayon tulad ng mga Hudyo. Ang mga guro sa relihiyon ay bumabasa sa Bibliya nang alinsunod sa liwanag ng sarili nilang pagkaunawa at mga sali't saling sabi; at ang mga tao ay hindi naman nagsasaliksik ng mga Kasulatan sa ganang kanilang mga sarili, upang alamin kung ano ang katotohanan; kundi ipinauubaya nila ang kanilang kapasiyahan at ang kanilang mga kaluluwa sa mga namumuno sa kanila. Ang pangangaral at pagtuturo ng Kaniyang salita ay isa sa mga paraang itinalaga ng Diyos upang maikalat arig liwanag; subali't dapat nating subukin ang bawa't itinuturo ng tao sa itinuturo naman ng Kasulatan. Sinumang magaaral ng Bibliya nang may pananalangin, na ninanasang makilala ang
[657] katotohanan, upang ito'y matalima niya, ay tatanggap ng liwanag na buhat sa Diyos. Mapag-uunawa niya ang mga Kasulatan. "Kung ang sinumang tao ay nagiibig gumawa ng Kaniyang kalooban, ay makikilala niya ang turo." Juan 7:17.

Nang huling araw ng pista, ang mga kawal na inutusan ng mga saserdote at mga pinuno upang dakpin si Jesus, ay nagsibalik nang hindi Siya kasama. Pagalit silang tinanong, "Bakit hindi ninyo Siya dinala?" Nakabadha sa mukha ang matiim na pagninilay na sila'y sumagot, "Kailanma'y walang taong nagsalita na gaya ng Taong ito."

Matitigas man ang kanilang mga puso, pinalambot din iyon ng Kaniyang mga salita. Samantalang Siya'y nagsasalita sa patyo ng templo, tumigil silang sumandali, upang makinig ng anumang mailalaban nila sa Kaniya. Nguni't habang sila'y nakikinig, ang pakay ng pagkakapagsugo sa kanila roon ay nalimutan nila. Nakatayo sila roon na parang mga taong namalikmata. Inihayag ni Kristo ang sarili Niya sa kanilang mga kaluluwa. Nakita nila ang bagay na ayaw tingnan ng mga saserdote at ng mga pinuno—ang pagkataong umaapaw sa kaluwalhatian ng Diyos. Nagsialis silang punung-puno ng ganitong isipan, na lubhang nakintalan ng Kaniyang mga salita, na anupa't sa tanong na, "Bakit hindi ninyo Siya dinala?" ay wala silang naisagot kundi, "Kailanma'y walang taong nagsalita na gaya ng Taong ito."

Nang unang lumapit kay Kristo ang mga saserdote at mga pinuno, nagkaroon sila ng gayunding paniniwala. Labis na nakilos ang kanilang mga puso, at pilit na nagtumiim sa kanilang diwa ang isipang, "Kailanma'y walang taong nagsalita na gaya ng Taong ito." Nguni't pinatay nila ang paniniwalang udyok ng Espiritu Santo. At ngayon, sa galit nila dahil sa pati mga alagad ng batas ay naimpluwensiyahan na ng taga-Galileang ito, sila'y sumigaw, "Kayo baga naman ay nangailigaw rin? Su- mampalataya baga sa Kaniya ang [658]
sinuman sa mga pinuno o ang sinuman sa mga Pariseo? Datapwa't ang karamihang ito na hindi nakaaalam ng kautusan ay sinumpa."

Ang mga taong binabalitaan ng katotohanan ay bihirang magtanong ng, "Totoo ba?" kundi, "Sino ba ang nagbabalita?" Ang pinahahalagahan ng karamihan ay kung maraming bilang ng mga tao ang tumatanggap nito; at kaya nga itinatanong pa rin hanggang ngayon ang, "Sumampalataya baga ang sinuman sa mga nag-aral na tao o sa mga pinuno ng relihiyon?" Ang mga tao ngayon ay gaya rin ng mga tao nang panahon ni Kristo, na di-mahilig sa tunay na kabanalan. Sila'y masisigasig sa mga kabutihang makalupa, kaya nakakaligtaan ang mga kayamanang di-lumilipas; at hindi isang argumento o kapulaan laban sa katotohanan, kung marami mang bilang ng mga tao ang hindi handang tumanggap nito, o kung hindi man ito tinatanggap ng mga dakilang tao ng sanlibutan, o ng mga lider man ng relihiyon.

Naglagay uli ang mga saserdote at mga pinuno ng mga panukala upang madakip si Jesus. Iginiit nila na kung pahihintulutan nila Siyang nakalalaya, ay mailalayo Niya ang mga tao sa mga kinikilalang lider, at dahil dito ang tanging panatag na paraan ay mapatahimik Siya agad. Sa kainitan ng kanilang pagtatalo, ay biglang-bigla silang natigilan. Si Nicodemo ay nagtanong, "Hinahatulan baga ng ating kautusan ang isang tao, nang hindi muna siya dinidinig, at nang hindi pa natatalastas kung ano ang kaniyang ginagawa?" Natahimik ang kapulungan. Ang mga salita ni Nicodemo ay nanuot sa kanilang mga budhi. Hindi nila maaaring hatulan ang isang tao nang hindi pa siya napapakinggan. Nguni't hindi dahil sa bagay na ito lamang kaya natigilan ang mayayabang na pinuno, na tinititigan ang nangahas magsalita nang ayon sa katarungan. Sila'y nangagulat at nangapahiya dahil sa ang isa sa mga kasamahan nila ay nakin- [659]
talan ng likas ni Jesus na anupa't ipinagtanggol nito Siya. Nang

mapawi ang kanilang panggigilalas, pinagwikaan nila si Nieodemo nang may umiiwang pang-uuyam, "Ikaw baga'y taga-Galilea rin? Siyasatin mo at tingnan mo: sapagka't sa Galilea ay walang lumitaw na propeta."

Gayon pa man ang pagtutol ay nakapigil sa pagpapasiya ng kapulungan. Hindi nagawang isakatuparan ng mga pinuno ang kanilang balak na hatulan si Jesus nang hindi muna pinakikinggan. Sa sandaling pagkagapi nila, "bawa't tao'y umuwi sa kani-kaniyang sariling bahay. Datapwa't si Jesus ay napasa Bundok ng mga Olibo."

Nilisan ni Jesus ang alingasngas at kaguluhan ng siyudad, ang sabik na karamihan at ang mga taksil na rabi, at tinungo Niya ang tahimik na olibuhan, na doo'y magisa Niyang makakausap ang Diyos. Nguni't umagangumaga kinabukasan ay bumalik Siya sa templo, at nang magkatipon ang mga tao sa palibot Niya, ay umupo Siya at sila'y tinuruan.

Hindi naluwatan at Siya'y nagambala. Isang pulutong ng mga Pariseo at mga eskriba ang lumapit sa Kaniya, na kinakaladkad ang isang takot-na-takot na babae, na matigas nilang sinisigawan ng paratang na nilabag ang ikapitong utos. Nang maitulak na ito sa harap ni Jesus, may paimbabaw na pagpapakita ng paggalang, na sinabi nila sa Kaniya, "Sa kautusan nga ay ipinag-utos sa amin ni Moises, na batuhin ang mga ganyan: nguni't ano ang masasabi Mo?"

Tinakpan ng kanilang pakunwaring paggalang ang pailalim na pakana para sa Kaniyang ikapapahamak. Sinamantala nila ang pagkakataong ito upang Siya ay mahatulan, sa pag-aakalang anuman ang gawin Niyang pasiya, ay mayroon din silang maipararatang sa Kaniya. Kung pawalang-sala Niya ang babae, mapararatangan
[660] Siyang hinahamak Niya o niwawalang-halaga ang kautusan ni Moises. Kung sabihin naman Niyang ito'y karapat-dapat patayin, Siya'y maisusumbong nila sa mga Romano na umaangkin sa kapangyarihang sa kanila lamang nauukol.

Sandaling minasdan ni Jesus ang tanawing nasa harap Niya—ang nanginginig na babaing halos matunaw sa kahihiyan, ang mga mahal na taong kababakasan sa mukha ng batong-damdamin, at mga walang-awa sa kapwa. Ang Kaniyang diwang walang-bahid-dungis ay nanliit sa gayong tanawin. Alam Niya ang dahilan kung bakit iniharap sa Kaniya ang kasong ito. Nababasa Niya ang puso, at

nakikilala Niya ang likas at kabuhayan ng bawa't isang nasa harap Niya. Ang mga nagkukunwaring-bantay na ito ng katai;ungan ay siya na ring nagbulid sa babae sa pagkakasala, upang maiumang nila kay Jesus ang silo. Wala Siyang ipinakitang tanda na narinig Niya ang kanilang tanong, Siya'y yumuko, itinuon ang Kaniyang mga mata sa lupa, at Siya'y nagpasimulang sumulat sa alikabok.

Sa kanilang pagkainip sa Kaniyang pagluwat at waring pagwawalang-bahala, lalo silang nagpakalapit-lapit, at inulit ang sumbong. Nguni't nang sundan ng kanilang tingin ang tinititigan ni Jesus, at mapatuon ang kanilang mga mata sa pabimentong nasa Kaniyang paanan, ay nagbago ang anyo ng kanilang mga mukha. Naroon, isinulat Niya sa harap nila, ang mga lihim na kasalanan ng kanilang sariling mga kabuhayan. Nakita ng mga taong nanonood ang biglang pagbabago ng anyo ng kanilang mukha, kaya't ang mga ito ay nakigitgit upang maalaman nila kung ano ang dahil at sila'y nabaghan at mandi'y napahiya.

Sa kabila ng lahat nilang pagpapanggap na paggalang sa kautu-
san, ang mga rabing ito, sa kanilang paghaharap ng paratang laban
sa babae, ay siya na ring nagsisilabag sa mga itinatadhana ng kau-
tusan. Tungkulin ng lalaking tunay na asawa ng babae na siya ang [661]
magsumbong laban sa kaniyang asawa, at ang mga maysala ay pare- [662]
parehong dapat parusahan. Ang ginawa ng mga nagsumbong ay
lubos na di-ipinahihintulot. Gayon pa man, sinagupa sila ni Jesus sa
sarili nilang katuwiran. Tiyak na sinasabi ng kautusan na sa paru-
sang pagbato, ang mga saksing nakakita sa gumawa ng pagkakasala
ay siyang dapat na unang bumato sa nagkasala. Ngayo'y tumindig
Siya, at pagkapako ng Kaniyang paningin sa mga nagsasabwatang
matatanda, ay sinabi ni Jesus, "Ang walang kasalanan sa inyo, ay
siyang unang bumato sa kaniya." At pagkayuko Niyang muli, Siya'y
nagpatuloy sa pagsulat sa lupa.

Hindi Niya isinaisantabi ang kautusang ibinigay sa pamamagitan ni Moises, at ni hindi Niya sinalansang ang kapangyarihan ng Roma. Bigong-bigo ang mga nagsumbong. Ngayon, sa pagkahubad ng ibinabalabal nilang pakunwaring kabanalan, ay sila'y nangakatayong maysala at mayhatol, sa harap ng Isang Kalinis-linisan. Kinilabutan sila nang maisip nilang baka ang lihim na kasalanan ng kanilang mga kabuhayan ay malantad sa karamihan; kaya nga sila'y isa-isang

nagsialis, na nangakatungo at di-nag-aangat ng paningin, at iniwan ang babae sa harap ng nahahabag na Tagapagligtas.

Tumindig si Jesus, at pagtingin Niya sa babae ay nagwika, "Babae, saan nangaroroon ang nangagpaparatang sa iyo? wala bagang taong humatol sa iyo? Sinabi ng babae, Walang sinuman, Panginoon. At sinabi sa kaniya ni Jesus, Ako man ay hindi hahatol sa iyo: humayo ka ng iyong lakad, at huwag ka nang magkasala pa."

Nakatayo ang babae sa harap ni Jesus, na nanginginig sa takot. Ang mga salita Niyang, "Ang walang kasalanan sa inyo, ay siyang unang bumato sa kaniya," ay dumating sa kaniya na parang hatol na kamatayan. Ayaw niyang tingnan ang mukha ng Tagapagligtas,
[663] kundi tahimik niyang hinintay ang parusang igagawad sa kaniya. Sa kaniyang pagkakamangha'y nakita niyang ang mga nagpaparatang o nagsusumbong laban sa kaniya ay walangimik at nangabababaghang nagsisipag-alisan; pagkatapos ay sumapit sa kaniyang pandinig ang mga salitang yaong puno ng pag-asa, "Ako man ay hindi rin hahatol sa iyo; humayo ka ng iyong lakad, at huwag ka nang magkasala pa." Nabunsol ang kaniyang damdamin, at siya'y nagpatirapa sa paanan ni Jesus, na ibinubuhos sa kaniyang pagtangis ang pag-ibig niyang kumikilala ng utang-naloob, at sa pamamagitan ng kaniyang mga luha'y ipinahayag niya ang kaniyang mga kasalanan.

Sa ganang kaniya'y ito ang pasimula ng isang bagong buhay, isang buhay na malinis at mapayapa, na itinalaga sa paglilingkod sa Diyos. Nang itindig ni Jesus ang nagkasalang kaluluwang ito, ay isang kababalaghan ang ginawa Niya na higit pang dakila kaysa pagpapagaling sa pinakamabigat na sakit ng katawan; pinagaling Niya ang sakit sa espiritu na ikamamatay sa walang-hanggang kamatayan. Ang nagsising babaing ito ay naging isa sa mga pinakamatapat Niyang tagasunod. Ang mapagpatawad Niyang kaawaan ay sinuklian nito ng mapagsakripisyong pag-ibig at pagtatalaga.

Sa pagkakapagpatawad Niya sa babaing ito at sa pagkakapagpalakas ng loob nito na ito'y mamuhay ng isang lalong mabuting kabuhayan, ang likas ni Jesus ay nagningning sa kagandahan ng sakdal na katwiran. Bagama't hindi Niya pinagpapaumanhinan ang kasalanan, ni binabawasan man ang pagkadama ng pagkakasala, hindi naman Siya nagsisikap na humatol, kundi ang pinagsisikapan Niya ay ang magligtas. Ang alay ng sanlibutan sa makasalanang babaing ito ay paghamak at paglibak; subali't si Jesus ay nagsalita

ng mga salita ng pag-aliw at pag-asa. Ang Isang Walang-sala ay nahahabag sa makasalanan, at inilalawit dito ang tulong na kailangan. [664] Samantalang ang mga mapagpaimbabaw na Pariseo ay tumutuligsa at humahatol, ang iniaatas naman ni Jesus ay, "Humayo ka ng iyong lakad, at huwag ka nang magkasala pa."

Hindi alagad ni Kristo yaong, hindi na tumitingin sa nagkakasala, ay tinatalikuran pa ang mga ito, at pinababayaang magpatuloy sa pababang hakbangin nang dipinaaalalahanan. Yaong mga mabibilis magparatang sa mga iba, at masisigasig na sila'y maihatid sa kahatulan, ay madalas na sa sarili nilang mga kabuhayan ay higit pang makasalanan kaysa mga ito. Kinapopootan ng mga tao ang makasalaman, subali't iniibig naman nila ang kasalanan. Kinapopootan ni Kristo ang kasalanan, subali't iniibig naman Niya ang makasalanan. Ito ang magiging diwa o espiritu ng lahat ng sumusunod sa Kaniya. Ang pag-ibig Kristiyano ay makupad sa panunuligsa, mabilis kumilala ng pagsisisi, handang magpatawad, magpalakas-ng-loob, maglagay sa naliligaw sa landas ng kabanalan, at magpatatag sa mga paa nito sa paglakad doon. [665]

# Kabanata 51—Ang Ilaw ng Kabuhayan

Ang kabanatang ito ay batay sa Juan 8:12-59; 9.

"Nang magkagayo'y nagsalitang muli sa kanila si Jesus, na sinasabi, Ako ang Ilaw ng sanlibutan: ang sumusunod sa Akin ay hindi lalakad sa kadiliman, kundi magkakaroon ng ilaw ng kabuhayan."

Nang bigkasin ni Jesus ang mga salitang ito, Siya ay nasa patyo ng templo, na tangi nang pinagdarausan ng Kapistahan ng mga Balag. Sa gitna ng patyong ito ay may dalawang matataas na watawat, na kinabibitinan ng malalaking kandelero. Pagkatapos ng paghahandog sa hapon, sinisindihan na ang lahat ng ilawan, na nililiwanagan ang buong Jerusalem. Ang seremonyang ito ay bilang pag-alaala sa haliging apoy na pumatnubay sa Israel nang maglakbay sila sa ilang, at ipinalalagay ring tumuturo sa pagdating ng Mesiyas. Sa gabi pagka nasindihan na ang mga ilawan, ang patyo ay nagiging isang tagpo ng dakilang pagkakatuwaan. Mga lalaking ubanin, mga saserdote ng templo at mga pinuno ng bayan, ay sama-samang nagsisipagsayaw ng sayaw ng pista sa saliw ng tugtog ng mga instrumento at ng awit ng mga Levita.

Ang paglaganap ng liwanag sa Jerusalem, ay nagpapahayag
[666] ng pag-asa ng bayan na kapag dumating na ang Mesiyas ay Siya ang magsasabog ng Kaniyang liwanag sa buong Israel. Nguni't sa ganang kay Jesus, ito ay may lalong malawak na kahulugan. Kung paanong ang lahat ay nililiwanagan ng nagniningning na mga kandelero ng templo, gayundin naman si Kristo, na pinagbubuhatan ng espirituwal na liwanag, ay siyang tumatanglaw sa kadiliman ng sanlibutan. Gayon pa man, kulang pa rin ang sagisag. Yaong malaking tanglaw na sarili Niyang kamay ang naglagay sa mga langit ay siyang lalong angkop o tunay na kinatawan ng kaluwalhatiian ng Kaniyang misyon.

Umaga noon, kapapamitak pa lamang ng araw sa ibabaw ng Bundok ng mga Olibo, at ang liwanag nitong nakasisilaw sa mata

ay tumatama sa mga palasyong marmol, at pinakikislap ang gintong nakakalupkop sa mga pader ng templo, nang kaginsa-ginsa'y itinuro ito ni Jesus at sinabi, "Ako ang Ilaw ng sanlibutan."

Mga pangungusap itong napakinggan at pagkaraan ng maluwat na panahon ay muling inulit sa dakilang pahayag na, "Nasa Kaniya ang buhay; at ang buhay ay siyang ilaw ng mga tao. At ang ilaw ay lumiliwanag sa kadiliman; at ito'y hindi napag-unawa ng kadiliman." "Iyan ang tunay na ilaw, na lumiliwanag sa bawa't tao na pumaparito sa sanlibutan." Juan 1:4, 5, 9. At maka raan ang malaong panahong si Jesus ay nakaakyat sa langit, ay inulit din ni Pedro, sa pagkasi sa kaniya ng Espiritu Santo, ang sagisag na ginamit ni Kristo, na aniya: "Mayroon kaming lalong panatag na salita ng hula; na mabuti ang inyong ginagawa, kung ito'y inyong sinusundan na gaya ng isang ilawang lumiliwanag sa isang dakong madilim, hanggang sa pagbubukang-liwayway, at ang tala sa umaga ay sumilang sa inyong mga puso." 2 Pedro 1:19.

Sa pagpapakita ng Diyos sa Kaniyang bayan, ay liwanag ang lagi Niyang ginagamit na sagisag ng Kaniyang pakikiharap. Nang simulan ang paglalang, sa utos ng Diyos ay lumitaw ang liwanag buhat sa [667] kadiliman. Liwanag ang lumukob sa haliging alapaap kung araw at sa haliging apoy kung gabi, na umakay sa malalaking hukbo ng Israel. Liwanag ang nagliyab na may kakilakilabot na kaningningan sa palibot ng Panginoon sa Bundok ng Sinai. Liwanag ang namahinga sa ibabaw ng luklukan ng awa sa tabernakulo. Liwanag ang pumuno sa templo ni Salomon nang iyon ay italaga. Liwanag ang sumilang sa mga gulod ng Bethlehem nang ang balita ng pagtubos ay dalhin ng mga anghel sa mga pastor na nagpupuyat sa kawan.

Ang Diyos ay liwanag; at nang sabihin ni Kristo, "Ako ang ilaw ng sanlibutan," ay ipinahayag Niya ang Kaniyang pakikipagkaisa sa Diyos, at ang Kaniyang pakikisama o pagkakaugnay sa buong sambahayan ng mga tao. Siya nga ang nang pasimula ay "nagpalitaw ng liwanag buhat sa kadiliman." 2 Corinto 4:6. Siya ang liwanag ng araw at ng buwan at ng mga bituin. Siya ang espirituwal na liwanag na sumikat sa Israel sa pamamagitan ng sagisag at anyo at hula. Nguni't hindi lamang sa bansang Hudyo ibinigay ang liwanag. Kung paanong ang mga sinag ng araw ay nakapaglalagos hanggang sa kalibliblibliblibang mga sulok ng lupa, gayundin ang liwanag ng Araw ng Katwiran ay sumisilang sa bawa't kaluluwa.

"Siya ang tunay na ilaw, na lumiliwanag sa bawa't taong naparirito sa sanlibutan." Ang sanlibutan ay nagkaroon ng kaniyang mga dakilang guro, mga taong higante ang isip at kamangha-mangha ang pang-unawa, mga taong ang mga pangungusap ay pinag-aralang masinop, at nagbukas ng malalawak na sangay ng karunungan; at ang mga taong ito ay pinarangalan bilang mga patnubay at mga tagapagpala ng kanilang lahi. Nguni't mayroong Isa na lalong mataas kaysa kanila. "Lahat ng sa Kaniya'y nagsitanggap, ay pinagkalooban Niya sila ng karapatang maging mga anak ng Diyos." "Walang taong
[668] nakakita kailanman sa Diyos, ang bugtong na Anak na nasa sinapupunan ng Ama, Siya ang nagpakilala sa Kaniya." Juan 1:12, 18. Maiisa-isa natin ang mahabang talaan ng mga dakilang guro ng sanlibutan na iniuulat ng kasaysayan; nguni't ang Liwanag ay una pa sa kanila. Kung paanong ang buwan at mga bituin ng sistema solar ay lumiliwanag sa pamamagitan ng liwanag na hinihiram sa araw, gayundin ang mga dakilang palaisip ng sanlibutan ay humihiram lamang sa Araw ng Katuwiran, habang ang kanilang itinuturo ay tunay. Bawa't hiyas ng isipan, bawa't kislap ng talino, ay galing sa Ilaw ng sanlibutan. Sa mga araw na ito ay madalas nating marinig ang tinatawag na "lalong mataas na karunungan." Ang tunay na "lalong mataas na karunungan" ay yaong ibinibigay ng "kinatataguan ng lahat ng mga kayamanan ng karunungan at kaalaman." "Nasa Kaniya ang buhay; at ang buhay ay siyang ilaw ng mga tao." Colosas 2:3; Juan 1:4. "Ang sumusunod sa Akin," wika ni Jesus, "ay hindi lalakad sa kadiliman, kundi magkakaroon ng ilaw ng kabuhayan."

Sa mga salitang, "Ako ang Ilaw ng sanlibutan," ay ipinakilala ni Jesus na Siya ang Mesiyas. Sa loob ng templong ngayon ay pinagtuturuan ni Kristo, ay dito nagsalita ang matandang si Simeon tungkol sa Kaniya, na Siya ang "ilaw na tatanglaw sa mga Hentil, at ang kaluwalhatian ng Iyong bayang Israel." Lukas 2:32. Sa mga salitang ito ay ikinakapit ni Simeon kay Kristo ang isang hula na alam ng buong Israel. Sa pamamagitan ni propeta Isaias ay nagsalita ang Espiritu Santo, "Magaan ang bagay na Ikaw ay naging Aking lingkod upang ibangon ng mga lipi ni Jacob, at isauli ang iningatan ng Israel: Ikaw ay aking ibibigay na pinakailaw sa mga Hentil, upang Ikaw ay maging Aking kaligtasan hanggang sa wakas ng lupa." Isaias 49:6. Ang hulang ito ay karaniwan nang nangangahulugang sinalita
[669] ng Mesiyas, at nang sabihin ni Jesus, "Ako ang Ilaw ng sanlibutan,"

ay di-mapigil ng mga tao na kilalanin ang Kaniyang pahayag na Siya nga ang Ipinangako.

Sa ganang mga Pariseo at mga pinuno, ang pahayag na ito ay isang paghahambog. Hindi nila mapahihintulutan na ang isang taong tulad nila ay magbansag nang gayon. Waring di-pinapansin ang Kaniyang mga salita, sila'y nag-usisa,"Sino Ka baga?" Ibig nilang piliting Siya ang magsabing Siya ang Kristo. Ang Kaniyang ayos at ang Kaniyang gawain ay ibang-iba sa mga inaasahang makita ng mga tao, na anupa't, gaya ng paniniwala ng Kaniyang tusong mga kaaway, kung tuwiran Niyang ipapahayag na Siya nga ang Mesiyas, ay Siya'y tatanggihan bilang isang mapagkunwari o bulaan.

Datapwa't sa tanong nilang, "Sino Ka baga?" ay sumagot si Jesus ng, "Iyon ding sinalita Ko sa inyo buhat pa nang una." Juan 8:25. Yaong nahayag sa Kaniyang mga salita ay siya ring nahayag sa Kaniyang likas. Siya ang kabuuan ng mga katotohanang Kaniyang itinuro. "Wala Akong ginagawa ng sa ganang Aking sarili," patuloy Niya; "kundi kung ano ang itinuro sa Akin ng Aking Ama, yaon ang mga bagay na Aking sinasalita. At ang nagsugo sa Akin ay kasama Ko: hindi Ako iniwang nag-iisa ng Ama; sapagka't lagi Kong ginagawa ang mga bagay na nakalulugod sa Kaniya." Hindi na Niya tinangkang patunayan na Siya nga ang Mesiyas, kundi ipinakilala Niya ang Kaniyang pakikipagkaisa sa Diyos. Kung naging bukas lamang ang kanilang mga isip sa pag-ibig ng Diyos, tinanggap sana nila si Jesus.

Sa gitna ng mga nakikinig sa Kaniya ay marami ang napalapit sa Kaniya sa pananampalataya, at sa kanila'y ganito ang sinabi Niya, "Kung kayo'y mananatili sa Aking salita, kayo nga'y mga alagad Kong tunay; at makikilala ninyo ang katotohanan, at ang katotohanan ay magpapalaya sa inyo."

Ang mga salitang ito ay ikinapoot ng mga Pariseo. Inalintana [670]
nila ang malaon nilang pagkaalipin sa ibang bansa, at pagalit silang sumigaw, "Kami ay mga lahi ni Abraham, at di-kailanman naalipin ng sinuman: bakit nga sinasabi Mo, Kayo ay gagawing malaya?" Minasdan ni Jesus ang mga taong ito, na mga alipin ng hinala, na ang mga isip ay gumon sa paghihiganti, at Siya'y malungkot na sumagot, "Katotohanan, katotohanang sinasabi Ko sa inyo, Sinumang gumagawa ng kasalanan ay alipin ng kasalanan." Sila'y nasa

pinakamasamang uri ng pagkaalipin—na pinagpupunuan ng diwa ng masama.

Bawa't kaluluwang tumatangging pasakop sa Diyos ay sumasailalim ng pagpupuno ng ibang kapangyarihan. Hindi siya sa kaniyang sarili. Maaaring siya'y nagsasalita tungkol sa kalayaan, nguni't siya ang nasa pinakaimbing pagkabusabos. Hindi siya tinutulutang kaniyang makita ang kagandahan ng katotohanan, sapagka't ang isip niya ay nasa ilalim ng kapangyarihan ni Satanas. Bagama't ipinagyayabang niyang siya'y sumusunod sa mga udyok ng kaniyang sariling kalooban, gayunma'y tinatalima niya ang kalooban ng prinsipe ng kadiliman. Kaya naparito si Kristo ay upang lansagin ang tanikala ng pang-aalipin ng kasalanan na gumagapos sa kaluluwa. "Kung kayo nga'y palalayain ng Anak, kayo'y magiging malalayang tunay." "Ang kautusan ng Espiritu ng buhay na na kay Kristo Jesus" ay pinalalaya tayo "sa kautusan ng kasalanan at ng kamatayan." Roma 8:2.

Sa gawain ng pagtubos ay walang ginagamit na pamimilit. Hindi ito ginagamitan ng anumang lakas na panlabas. Sa tulong ng Espiritu ng Diyos, malayang makapamimili ang tao kung sino ang kaniyang paglilingkuran. Sa pagbabagong nagaganap sa tao pagka isinusuko niya ang kaniyang kaluluwa kay Kristo, ay naroon ang lubos na pagkadama ng kalayaan. Ang pagwawaksi ng kasalanan ay sariling
[671] gawa ng kaluluwa. Totoo ngang wala tayong lakas na makawala sa kontrol ni Satanas; subali't kapag hinahangad nating makalaya sa kasalanan, at sa matindi nating paghahangad ay dumating tayo sa Diyos at humingi ng kapangyarihang hiwalay at malakas kaysa ating sarili, ang lakas ng kaluluwa ay napupuspos ng kapangyarihan ng Espiritu Santo, at ito ay tumatalima sa mga iniuudyok ng kalooban ng Diyos.

Ang tanging kondisyong ikaaaring malaya ng isang tao ay ang siya'y maging kaisa ni Kristo, "Ang katotohanan ay magpapalaya sa inyo;" at si Kristo ang katotohanan. Makapagwawagi lamang ang kasalanan kung mapahihina ang isip, at masisira ang kalayaan ng kaluluwa. Ang pagsuko sa Diyos ay pananauli sa sarili—sa tunay sa kaluwalhatian at karangalan ng tao. Ang kautusan ng Diyos, na ating sinusukuan, ay siyang "kautusan ng kalayaan." Santiago 2:12.

Ipinahayag ng mga Pariseo na sila ang mga anak ni Abraham. Sinabi ni Jesus sa kanila na ang ganito nilang inaangkin ay mapatutu-

nayan lamang kung ginagawa nila ang mga gawa ni Abraham. Ang mga tunay na anak ni Abraham ay mamumuhay ng gaya ng buhay ni Abraham, isang kabuhayang tumatalima sa Diyos. Hindi nila pagsisikapang patayin ang Isa na nagsasalita ng katotohanang buhat sa Diyos. Sa pagsasabuwatan nila laban kay Kristo, ang mga rabi ay hindi gumagawa ng mga gawa ni Abraham. Ang pagiging-galing sa lahi ni Abraham ay walang halaga. Kung wala ang espirituwal na pagkakaugnay sa kaniya, na ito'y makikita sa pagkakaroon ng diwa at mga gawa ni Abraham, sila'y hindi niya mga anak.

Ang simulaing ito ay siya ring gumagalaw sa suliraning malaon nang lumiligalig sa sanlibutang Kristiyano—ang suliranin ng paghahali-halili ng mga apostol. Ang pagiging-buhat-sa-angkan ni Abraham ay mapatutunayan, hindi sa pangalan ni sa lahi man, kundi sa [672]
pagiging-katulad ng likas. Gayundin naman, ang paghahalihalili ng mga apostol ay hindi nasasalig sa pagsasalinsalin ng kapangyarihang pansimbahan o kapangyarihang eklesiyastiko, kundi sa kaugnayang espirituwal. Ang kabuhayang kinilos ng diwa ng mga apostol, ang paniniwala at pagtuturo ng katotohanang kanilang itinuro, ito ang tunay na katibayan ng pagiging Ikahalili ng mga apostol. Ito ang ibig sabihin ng maging mga kahalili ng unang mga tagapagturo ng ebanghelyo.

Itinatuwa ni Jesus na ang mga Hudyo ay mga anak ni Abraham. Sinabi Niya, "Ginagawa ninyo ang mga gawa ng inyong ama." May pangungutyang sila'y nagsisagot, "Kami ay mga hindi anak sa pakikiapid; may isa kaming Ama, ang Diyos." Ang mga salitang ito ay isang parunggit nila sa pagkapanganak kay Jesus, at kanilang sinabi sa harap ng mga nagsisimulang maniwala sa Kaniya upang Siya'y siraan. Hindi pinansin ni Jesus ang hamak na parunggit, sa halip ay sinabi Niya, "Kung ang Diyos ang siya ninyong Ama, ay iibigin ninyo Ako: sapagka't Ako'y nagbuhat at nanggaling sa Diyos."

Ang kanilang mga gawa ay nagpatunay na sila'y mga kamag-anak niyaong sinungaling at mamamatay-tao. "Kayo'y sa inyong amang diyablo, at ang mga nasa ng inyong ama ang ibig ninyong gawin. Siya'y isang mamamatay-tao buhat pa nang pasimula, at hindi tumatayo sa katotohanan, sapagka't walang katotohanan sa kaniya. ... Dahil sa sinasabi Ko ang katotohanan, ay hindi kayo sumasampalataya sa Akin." Juan 8:44, 45, R.V. Ang pagsasabi ni

Jesus ng katotohanan, at nang may katiyakan, ay siyang dahilan kaya hindi Siya tinanggap ng mga pinuno ng mga Hudyo. Katotohanan ang nagpagalit sa nagbabanal-banalang mga taong ito. Inihayag ng katotohanan ang kabulaanan ng kamalian; hinatulan nito ang kanilang turo at gawain, kaya hindi nila matanggap. Sa ganang kanila'y mabuti pa ang magbulagbulagan sa katotohanan kaysa
[673] magpakumbaba at aminining sila'y namamali. Hindi nila iniibig ang katotohanan. Ayaw nila nito, kahit na ito ang katotohanan.

"Sino sa inyo ang makasusumbat sa Akin tungkol sa kasalanan? (Revised Version) At kung ang sinasabi Ko sa inyo ay katotohanan, bakit hindi kayo sumasampalataya sa Akin?" Tatlong taong singkad na araw-araw ay sinundan-sundan si Kristo ng Kaniyang mga kaaway, sa pagsisikap na makakita ng maipupula sa Kaniyang likas. Mapilit na pinagsikapan ni Satanas at ng buong hukbo ng mga demonyo na Siya'y madaig; nguni't wala silang nasilip na isa mang kapintasan sa Kaniya. Pati mga demonyo ay napilitang magsiaming, "Ikaw ang Banal ng Diyos." Marcos 1:24. Isinakabuhayan ni Jesus ang kautusan sa paningin ng langit, sa paningin ng mga sanlibutang di-nagkasala, at sa paningin ng mga taong salarin. Sa harap ng mga anghel, mga tao, at mga demonyo, ay nagsalita Siya ng mga pangungusap na di-mapasisinungalingan ninuman, mga salitang kung sa ibang bibig namutawi ay magiging pamumusong: "Palagi Kong ginagawa ang mga bagay na nakalulugod sa Kaniya." Ang katunayan na si Kristo'y ayaw tanggapin ng mga Hudyo bagama't wala silang masilip na anumang kasalanan sa Kaniya, ay nagpapakilalang wala silang anumang kaugnayan sa Diyos. Hindi nila nakilala ang Kaniyang tinig sa pabalita ng Kaniyang Anak. Inakala nilang hinahatulan nila si Kristo; nguni't ang totoo sa pagtanggi nila sa Kaniya ay hinahatulan nila ang kanilang mga sarili. "Ang sa Diyos," sabi ni Jesus, "ay nakikinig ng mga salita ng Diyos: kayo nga ay hindi nangakikinig, sapagka't kayo ay hindi sa Diyos."

Ang aral na makukuha ay kapit sa buong panahon. Marami ang natutuwang manuligsa, manuya at manuri sa anumang bagay sa salita ng Diyos, sa pag-aakalang dito'y ipinakikilala niyang siya'y matalino at walang kinikilingan. Ipinalalagay niyang siya ay hukom
[674] at nilalapatan niya ng hatol ang Biblia, nguni't sa katotohanan ay hinahatulan niya ang kaniyang sarili. Inihahayag niyang di niya kayang pahalagahan ang mga katotohanang bigay ng langit

at sumasaklaw sa panahong walanglianggan. Sa harap ng di-matingkalang katwiran ng Diyos, ay hindi nangingimi at nanliliit ang kaniyang diwa. Abalang-abala siya sa paghanap ng mga yagit at mga dayami, at dito'y ipinakikilala niyang siya'y may likas na makasarili at makalupa, at isang pusong mabilis na nawawalan ng pagpapahalaga sa Diyos. Ang taong may pusong tumutugon sa tawag ng Diyos ay magsisikap na. humanap ng mga pagkakataong magpapalawak ng pagkakilala niya sa Diyos, at magpapakinis at magpapadakila sa kaniyang likas. Kung paanong ang bulaklak ay humaharap sa araw, upang paghalik ng maliliwanag na sinag ay madampulayan ito ng sari-saring magagandang kulay, gayundin haharap ang kaluluwa sa Araw ng Katwiran, upang ang likas ay mapaganda ng liwanag ng langit sa pamamagitan ng mga biyaya ng likas ni Kristo.

Ipinagpatuloy ni Jesus ang paliwanag, na inilalarawan ang pagkakaiba ng paniniwala ng mga Hudyo at ni Abraham: "Natuwa ang inyong amang si Abraham na makita ang Aking araw: at nakita nga niya, at nagalak."

Mahigpit na minithi ni Abraham na makita ang ipinangakong Tagapagligtas. Nagpailanlang siya ng lubhang maalab na mga dalangin na bago man lamang siya pumanaw ay makita sana niya ang Mesiyas. At nakita nga niya ang Kristo. Isang di-pangkaraniwang liwanag o pagkakilala ang ibinigay sa kaniya, at kinilala niya ang likas na pagka-Diyos ni Kristo. Nakita niya ang araw ni Kristo at siya'y nagalak. Ipinatanaw sa kaniya ang paghahain ng Diyos patungkol sa kasalanan. Tungkol sa paghahaing ito ay nagkaroon siya ng halimbawa sa kaniyang sariling karanasan. Dumating sa kaniya ang utos, "Kunin mo ngayon ang iyong anak, ang iyong bugtong na anak na si Isaac, na iyong minamahal, ...,at ihain mo [675]
siyang ... isang handog na susunugin." Genesis 22:2. ipinatong niya [676]
ang anak sa pangako sa ibabaw ng dambanang sunugan, ang anak na kinatutuunan ng lahat niyang pag-asa. At samantalang siya'y nakatayo sa tabi ng dambana na nakataas ang kamay upang sundin ang bilin ng Diyos, ay narinig niya ang isang tinig buhat sa langit na nagsasabi, "Huwag mong pagbuhatan ng kamay ang bata, ni huwag mo siyang gawan ng anuman: sapagka't talastas ko ngayon na ikaw ay natatakot sa Diyos, sa paraang hindi mo ikinait sa Akin ang iyong anak, ang iyong bugtong na anak." Genesis 22:12. Ang kakila-kilabot na pagsubok na ito ay ipinataw kay Abraham upang makita

niya ang kaarawan ni Kristo, at madama o mapagtanto ang dakilang pag-ibig ng Diyos sa sanlibutan, isang pag-ibig na napakadakila na anupa't upang maibangon ang sanlibutan sa kaaba-abang kalagayan nito, ay kinailangang ibigay Niya ang Kaniyang bugtong na Anak sa kahiya-hiyang kamatayan.

Itinuro ng Diyos kay Abraham ang pinakadakilang aral na ibinigay sa tao kailanman. Ang kaniyang dalangin na makita muna niya ang Kristo bago siya mamatay ay ipinahintulot. Nakita niya si Kristo; nakita niya ang lahat ng maaaring makita ng tao at mabuhay pa. Sa pamamagitan ng lubos na pagpapasakop sa Diyos, nangyaring naabot ng kaniyang unawa ang pangitaing ibinigay sa kaniya tungkol kay Kristo. Ipinakita sa kaniya na sa pagbibigay ng Diyos ng Kaniyang bugtong na Anak upang iligtas ang mga makasalanan sa kapahamakang walang-hanggan, ay gumawa ang Diyos ng isang paghahandog na lalong malaki at lalong kahanga-hanga kaysa magagawa ng sinumang tao.

Ang karanasan ni Abraham ay sagot sa katanungang: "Ano ang aking ilalapit sa harap ng Panginoon, at iyuyukod sa harap ng mataas na Diyos? Paroroon baga ako sa harap Niya na may mga handog na
[677] susunugin, na may guyang isang taon ang gulang? Kalulugdan baga ng Panginoon ang mga libu-libong tupa, o ang mga sampu-sampung libong ilog ng langis? Ibibigay ko baga ang aking panganay dahil sa aking pagsalansang, ang bunga ng aking katawan dahil sa kasalanan ng aking kaluluwa?" Mikas 6:6, 7. Sinabi ni Abraham, "Anak ko, Diyos ang maghahanda ng korderong handog na susunugin" (Genesis 22:8), at nang ilaan ng Diyos ang isang haing kahalili ni Isaac, ay ipinahayag na walang taong makatutubos sa kaniyang sarili. Ang paraan ng paghahandog ng mga pagano ay ganap na hindi tinatanggap ng Diyos. Walang amang maghahandog ng kaniyang anak na lalaki o anak na babae na pinakahandog patungkol sa kasalanan. Anak ng Diyos lamang ang makapagdadala ng kasalanan ng sanlibutan.

Sa pamamagitan ng sariling hirap na kaniyang binata, ay natanaw ni Abraham ang misyon ng sakripisyo ng Tagapagligtas. Nguni't tumanggi ang Israel na unawain ang bagay na di-minamasarap ng kanilang mga palalong puso. Ang mga salita ni Kristo tungkol kay Abraham ay walang inihatid na malalim na kahulugan sa mga nakikinig sa Kaniya. Itinuring ng mga Pariseo na ito'y bago na

namang paksang ipangungutya. Sumagot silang may paglibak, na para bagang mapatutunayan nilang si Jesus ay nababaliw, "Wala Ka pang limampung taong gulang, at nakita Mo na si Abraham?"

May solemneng karangalang sumagot si Jesus, "Katotohanan, katotohanang sinasabi Ko sa inyo, Bago si Abraham ay AKO NGA."

Katahimikan ang lumukob sa malaking karamihan. Ang pangalan ng Diyos, na sinabi kay Moises na nagpapahayag ng walang-hanggang pakikiharap, ay inangkin ng Rabing Galileong ito. Itinanyag Niya na Siya iyong Isa na may-buhay sa sarili, na Siya ang ipinangako sa Israel, na "ang pinagbuhatan ay mula nang una, mula [678]
nang walang-hanggan." Mikas 5:2.

Muling nagsigawan ang mga saserdote at mga rabi na si Jesus ay isang mamumusong. Ang Kaniyang pag-aangkin na Siya'y kaisa ng Diyos ay nag-udyok sa kanila na kitlin ang Kaniyang buhay, at makaraan ang ilang buwan ay malinaw nilang sinabi, "Hindi dahil sa mabuting gawa ay binabato ka namin, kundi sa pamumusong; at sapagka't ikaw, bagaman ikaw ay tao, ay nagpapakunwari kang Diyos." Juan 10:33. Sapagka't Siya'y Anak ng Diyos, at pinatutunayan Niyang Siya'y gayon nga, sila'y mapilit na patayin Siya. Ngayo'y nagsidampot ng bato ang marami sa mga taong nakikipanig sa mga saserdote at mga rabi upang ipukol sa Kaniya. "Nguni't nagkubli si Jesus at lumabas sa templo, na nagdaan sa gitna nila, at yumaon."

Ang Ilaw ay lumiliwanag sa kadiliman; nguni't "hindi ito napagkikilala ng kadiliman." Juan 1:5, R.V.

"Pagdaraan ni Jesus, nakita Niya ang isang lalaking bulag na buhat sa pagkapanganak. At tinanong Siya ng Kaniyang mga alagad, na sinasabi, Panginoon, sino ba ang nagkasala, ang taong ito, o ang kaniyang mga magulang, kaya siya ipinanganak na bulag? Sumagot si Jesus, Hindi sa nagkasala ang taong ito, ni ang kaniyang mga magulang man: kundi upang mahayag sa kaniya ang mga gawa ng Diyos. ... Nang masalita Niya ang ganito, dumura Siya sa lupa at pinapagputik, at ipinahid Niya ang putik sa mga mata ng lalaking bulag, at sinabi dito, Yumaon ka, at maghugas ka sa tangke ng Siloam (na ang kahulugan ay, Sinugo). Kaya't siya'y yumaon at naghugas, at bumalik na nakakakita."

Pinaniniwalaan ng lahat ng mga Hudyo na ang kasalanan ay pinarurusahan na sa buhay na ito. Bawa't sakit ay itinuturing na isang

parusa sa pagkakamaling ginawa ng may-katawan o ng pagsuway
[679] sa kautusan ng Diyos, nguni't ang katotohanang ito ay isininsay. Si Satanas, na pasimuno ng kasalanan at ng mga ibinunga nito, ay inakay ang mga tao na kilalaning ang sakit at kamatayan ay buhat sa Diyos—na ito'y pinararating ng Diyos sa mga tao na pinakaparusa sa kanilang kasalanan. Dahil dito, ang sinumang datnan ng malaking kapighatian o kasakunaan ay tumatanggap ng isa pang karag dagang pula na siya'y ituring na isang dakilang makasalanan.

Sa ganitong paraan nahanda ang daan upang itakwil ng mga Hudyo si Jesus. Siya "na nagdala ng lahat nating mga kapighatian, at nagpasan ng ating mga kalungkutan" ay ipinalagay ng mga Hudyo na "pinarusahan, hinampas ng Diyos, at dinalamhati;" at ikinubli nila sa Kaniya ang kanilang mga mukha.

Nagbigay ang Diyos ng aral upang ito'y maiwasan. Ang kasaysayan ni Job ay nagturo na ang pagkakasakit ay gawa ni Satanas, nguni't pinipigil ng Diyos sapagka't Siya'y naaawa. Datapwa't hindi naunawaan ng Israel ang aral. Ang pagkakamali ring ito na isinuwat ng Diyos sa mga kaibigan ni Job ay inulit ng mga Hudyo nang itakwil nila si Kristo.

Ang paniniwala ng mga Hudyo tungkol sa pagkakaugnay-ugnay ng kasalanan at ng pagkakasakit ay siya ring paniniwala ng mga alagad ni Kristo. Bagama't isinaayos ni Jesus ang ganito nilang pagkakamali, hindi naman Niya ipinaliwanag ang pinagbubuhatan ng pagkakasakit, kundi sinabi na lamang sa kanila ang ibubunga. Dahil nga rito ay mahahayag ang mga gawa ng Diyos. "Habang Ako ay nasa sanlibutan," sabi Niya, "Ako ang Ilaw ng sanlibutan." At nang mapahiran na Niya ang mata ng lalaking bulag, inutusan Niya itong maghugas sa tangke ng Siloam, at nagbalik ang paningin ng lalaki. Sa ganitong paraan sinagot ni Jesus ang tanong ng mga
[680] alagad sa kanilang pag-uusisa. Hindi na kinailangan pang ipaliwanag kung sino ang nagkasala o hindi nagkasala, kundi unawain ang kapangyarihan at awa ng Diyos sa pagkakaloob ng paningin sa bulag. Maliwanag na walang bisang nagpapagaling ang putik, o ang tangkeng pinaghugasan ng bulag, kundi ang bisa ay na kay Kristo.

Hindi napigil ng mga Pariseo ang sarili nila na hangaan ang pagkakapagpagaling. Gayunma'y lalo pa silang nalipos ng pagkagalit; sapagka't ang kababalaghan ay ginawa sa araw ng Sabbath.

Ang mga kapitbahay ng binata, at ang mga nakakakilala sa kaniya noong siya'y bulag pa, ay nagsipagsabi, "Hindi ba ito yaong dating nauupo at nagpapalimos?" Pinag-alinlanganan nila siya; sapagka't nang madilat na ang kaniyang mga mata ay nabago't nagliwanag ang kaniyang mukha, at nagmukha siyang ibang tao. Nagtanung-tanungan ang mga tao. May nagsabi, "Ito nga siya;" ang wika naman ng iba, "Kahawig lamang niya." Nguni't siya na tumanggap ng malaking pagpapala ay siya na ring nagpatunay, "Ako nga." Saka niya ibinalita si Jesus, at kung paano siya pinagaling, at sila'y nangagtanong "Saan naroon Siya?" Sinabi niya, "Hindi ko alam."

Nang magkagayo'y dinala nila siya sa harap ng kapulungan ng mga Pariseo. Dito'y muli nilang tinanong ang binata kung paano nagbalik ang kaniyang paningin. "Sinabi niya sa kanila, Nilagyan Niya ng putik ang aking mga mata, at ako'y naghugas, at ngayo'y nakakakita. Dahil dito'y sinabi ng iba sa mga Pariseo, Ang taong ito'y hindi sa Diyos, sapagka't hindi Siya nangingilin ng Sabbath." Ang pag-asa ng mga Pariseo ay maipakikilala nila si Jesus na isang makasalanan, at samakatwid ay hindi siyang Mesiyas. Hindi nila batid na Siya na nagpagaling sa bulag ay siya ring maygawa sa Sabbath at nakaaalam ng buong utos na ito. Sa malas ay masikap na masikap sila sa pangingilin ng Sabbath, nguni't nagsisipagpanukala namang pumatay nang araw ding iyon. Gayon pa ma'y marami [681]
ang lubhang naantig nang mabalitaan ang kababalaghang ito, at sila'y naniwalang isang di-pangkaraniwang tao ang nagpamulat ng mga mata ng bulag. Bilang tugon sa paratang na si Jesus ay isang makasalanan sapagka't hindi Siya nangilin ng Sabado, ay sinabi nila, "Paano nga makagagawa ng mga gayong kababalaghan ang isang taong makasalanan?"

Muling nakiusap ang mga rabi sa bulag, "Anong sinasabi mo tungkol sa Kaniya, na nagpadilat ng iyong mga mata? Sinabi niya, Siya'y isang propeta." Nang magkagayon ay ipinilit ng mga Pariseo na hindi siya ang ipinanganak na bulag at hindi siya ang pinadilat. Tinawag nila ang kaniyang mga magulang, at tinanong sila, "Ito nga ba ang inyong anak na sinasabi ninyong ipinanganak na bulag?"

Naroon ang lalaking umaamin na siya'y naging bulag, at ngayo'y pinagaling; nguni't ibig pa ng mga Pariseong tanggihan ang nakikita ng kanilang mga mata kaysa amining sila'y namamali. Napaka-

makapangyarihan ng maling-pagkakilala, at napakaliko ng katwiran ng mga Pariseo.

May isang pag-asang natitira pa sa mga Pariseo, at iyan ay ang takutin ang mga magulang ng lalaki. Waring may katapatang sila'y nagtanong, "Paanong siya'y nakakakita ngayon?" Natakot ang mga magulang na magsabi ng katotohanan; sapagka't naibalita na, na sinumang kumilalang si Jesus ay siyang Kristo ay "palalayasin sa sinagoga;" na ang ibig sabihin ay eskomulgado sa sinagoga sa loob ng tatlumpung araw. Sa buong panahong iyan ay walang sanggol na matutuli ni walang patay na matatangisan sa tahanan ng nagkasala. Ang parusa ay itinuturing na isang mabigat na kapahamakan; at kung ito'y hindi pa makapagpabago o makagawa ng pagsisisi, ay lalo pang mabigat na parusa ang susunod. Ang malaking kababalaghang
[682] ginawa sa kanilang anak ay nagbigay sa mga magulang ng malaking paniniwala, gayunma'y sila'y sumagot, "Alam naming ito ay aming anak, at siya'y ipinanganak na bulag: nguni't kung paanong siya'y nakakakita o kung sino ang nagpadilat sa kaniya, ay hindi namin alam: may gulang na siya; siya ang inyong tanungin; may kaya siyang magsalita para sa kaniyang sarili." Sa ganito inilipat nila ang buong kapanagutan sa kanilang anak; sapagka't wala silang lakas ng loob na lantarang kilalanin si Kristo.

Ang kagipitang kinalalagyan ng mga Pariseo, ang kanilang pag-aalinlangan at hinala, at ang kanilang di-paniniwala sa tunay na mga nangyari, ay nagpamulat sa mga paningin ng karamihan, lalo na ng mga karaniwang tao. Madalas gawin ni Jesus ang Kaniyang mga kababalaghan sa hayag na daan, at ito'y laging sa hangad na magbigay ng ginhawa. Ang katanungang nasa isip ng marami ay, Itutulot kaya ng Diyos na isang manghuhuwad ang gumawa ng gayong mga dakilang kababalaghan, sapagka't ipinipilit ng mga Pariseo na si Jesus ay isa ngang manghuhuwad? Humihigpit ang pagtatalo ng magkabilang panig.

Napagkilala ng mga Pariseong sila na rin ang nagpapalaganap ng ginawa ni Jesus. Hindi nila maikaila ang kababalaghan. Ang bulag ay lipos ng tuwa at pasasalamat; namasdan niya ang mga kahanga-hangang bagay ng katalagahan, at nag-umapaw sa loob niya ang kasiyahan dahil sa kagandahan ng lupa at ng langit. Malaya niyang isinalaysay ang kaniyang naranasan, at muli nilang sinaway siya, na sinasabi, "Purihin mo ang Diyos: alam naming ang Taong

ito ay makasalanan." Ang ibig nilang sabihin ay, Huwag mo nang sabihing ang Taong ito ang nagsauli ng iyong paningin; Diyos ang may gawa niyan.

Tumugon ang bulag, "Kung Siya ay isang makasalanan o hindi, ay hindi ko nalalaman: isang bagay ang aking nalalaman, na dati [683] ako'y bulag, ngayon ako'y nakakakita."

Muli nga silang nagtanong, "Anong ginawa Niya sa iyo? Paano Niya pinadilat ang iyong mga mata?" Sinikap nilang siya'y lituhin sa maraming katatanong upang akalain niyang siya'y nadaya. Si Satanas at ang kaniyang masasamang anghel ay nasa panig ng mga Pariseo, at inilakip nila ang kanilang lakas at katusuhan sa pagmamatwid ng tao upang ilaban sa impluwensiya ni Kristo. Pinapanghina nila ang paniniwalang unti-unting nagtutumiim sa isip ng marami. Nguni't naroon din ang mga anghel ng Diyos upang patibayin ang loob ng lalaking sinaulian ng paningin.

Hindi inakala ng mga Pariseong mayroon pa silang ibang pakikitunguhan bukod sa di-nag-aral na lalaking inianak na bulag; hindi nila kilala Siya na kinakatalo nila. Liwanag na buhat sa langit ang tumanglaw sa mga silid ng kaluluwa ng lalaking bulag. Habang pinipilit ng mga mapagpaimbabaw na ito na siya'y papag-alinlanganin, tinulungan naman siya ng Diyos na maipakilala niya, sa pamamagitan ng mabisa at tiyak na mga sagot, na siya'y hindi maaaring madaya. Siya'y sumagot, "Sinabi ko na sa inyo, at hindi ninyo pinakinggan: bakit ibig ninyong pakinggang muli? Ibig ba ninyong maging mga alagad Niya? Nang magkagayo'y hinamak nila siya, at sinabi, Ikaw ang alagad Niya; nguni't kami ay mga alagad ni Moises. Alam naming ang Diyos ay nagsalita kay Moises: nguni't tungkol sa taong ito, hindi namin alam kung saan siya buhat."

Alam ng Panginoong Jesus ang mahigpit na pagtatalong nangyari sa kalooban ng taong ito, at binigyan Niya ito ng biyaya at dunong sa pananalita, anupa't ito'y naging saksi para kay Kristo. Ang sagot nito sa mga Pariseo ay isang mahayap na sumbat sa mga mapag-usisang ito. Inaangkin nilang sila ang mga tagapagpaliwanag [684] ng Kasulatan, ang mga patnubay na ukol sa relihiyon ng bansa; at gayon pa ma'y narito ang Isang gumagawa ng mga kababalaghan, at hinding-hindi nila nalalaman kung saan nagmumula ang Kaniyang kapangyarihan, at pati ng Kaniyang likas at mga inaangkin. "Ito ang nakapagtataka," anang lalaki, "na hindi ninyo nalalaman kung saan

Siya nanggaling, at pinagaling Niya ang aking mga mata. Nalalaman namin na hindi dinidinig ng Diyos ang mga makasalanan: nguni't kung ang isang tao ay mananamba sa Diyos, at ginaganap ang Kaniyang kalooban, siya'y dinidinig Niya. Narinig na ba buhat nang lalangin ang sanlibutan na napadilat ang mga mata ng isang taong ipinanganak na bulag? Kung ang Taong ito ay hindi sa Diyos, wala Siyang magagawang anuman."

Hinarap ng lalaki ang mga nang-uusig sa kaniya sa sarili nilang batayan ng paniniwala. Ang kaniyang katwiran ay hindi kayang sagutin.

Nabalitaan ni Jesus ang nangyari; at karaka-rakang siya'y nakita ay sinabi sa kaniya, "Sumasampalataya ka ba sa Anak ng Diyos?"

Sa unang pagkakataon nakita ng buiag ang mukha ng sa kaniya'y Nagpagaling. Nakita niyang bagabag at takot ang kaniyang magulang; nakasimangot ang mga rabi; ngayo'y nakatingin siya sa payapa at mapagmahal na mukha ni Jesus. Ngayon, kimkim niya ang pagaming si Jesus ay may kapangyarihan ng Diyos at lalo pang mataas na pagkakilala ang ibinigay sa kaniya.

Sa tanong ng Tagapagligtas na, "Sumasampalataya ka ba sa Anak ng Diyos?" ay sumagot ang bulag sa pamamagitan ng tanong na, "Sino Siya, Panginoon, upang ako'y sumampalataya sa Kaniya?" At sinabi ni Jesus, "Nakita mo na Siya, at ang nakikipag-usap sa iyo ay Siya nga." Nagpatirapa ang lalaki sa paanan ng Tagapagligtas at sumamba. Hindi lamang ang mga mata niya ang naidilat, kundi nabuksan din ang mga mata ng kaniyang pag-iisip. Napakilala ang
[685] Kristo sa kaniyang kaluluwa, at tinanggap niya Siya bilang ang Isinugo ng Diyos.

Isang pulutong ng mga Pariseo ang nagkatipon, at nang makita sila ni Jesus ay napag-alaala Niya ang bisa ng Kaniyang mga salita at mga gawa. Ang wika Niya, "Dahil sa paghatol ay naparito Ako sa sanlibutan, upang ang di nakakakita ay makakita; at ang mga nakakakita ay mangabulag." Naparito si Kristo upang idilat ang mga mata ng bulag, upang hatdan ng liwanag ang mga nauupo sa kadiliman. Sinabi Niyang Siya ang Ilaw ng sanlibutan, at ang kababalaghang ginawa Niya ay katunayan ng Kaniyang misyon. Ang mga taong nakakita sa Tagapagligtas noong Siya'y pumarito ay binigyan ng lalong malaking paghahayag ng pakikiharap ng Diyos kaysa tinamasa ng alinmang ibang lahi nang una. Lalong ganap na

nakilala nila ang Diyos. Datapwa't sa pahayag na ito ay inilalapat sa kanila ang hatol. Ang likas nila ay sinubok, at ang kanilang kahihinatnan ay pinasiyahan.

Ang ipinakitang kapangyarihan ng Diyos na nagsauli sa bulag ng kaniyang paninging katutubo at paninging espirituwal, ay naglagay sa mga Pariseo sa lalong makapal na kadiliman. Ang iba sa mga nakikinig, na nag-akalang sila ang tinutukoy ni Kristo, ay nag-usisa, "Kami ba naman ay mga bulag din?" Sumagot si Jesus, "Kung kayo'y mga bulag, hindi sana kayo nagkasala." Kung itinulot sana ng Diyos na hindi ninyo makilala ang katotohanan, ang hindi ninyo pagkaalam ay hindi magiging kasalanan. "Nguni't ngayo'y sinasabi ninyo, Kami ay nakakakita." Naniniwala kayong kayo'y may kayang tumingin at tumanggi sa tanging paraang sa pamamagitan nito kayo ay makakakita. Sa lahat ng nakadarama ng kanilang kailangan, si Kristo'y naparitong taglay ang walang-hanggang tulong. Subali't ayaw aminin ng mga Pariseong sila'y nangangailangan; ayaw silang lumapit kay Kristo, at dahil nga rito sila'y nanganatili sa pagiging-bulag—isang pagkabulag na kanilang ipinagkasala. Sinabi ni Jesus, "Ang inyong kasalanan ay nananatili." [686]

[687]

# Kabanata 52—Ang Diyos na Pastor

Ang kabanatang ito ay batay sa Juan 10:1-30.

“Ako ang Mabuting Pastor: ibinibigay ng mabuting pastor ang kaniyang buhay dahil sa mga tupa.” “Ako ang Mabuting Pastor, at nakikilala Ko ang Aking mga tupa, at nakikilala nila Ako. Kung paanong nakikilala Ako ng Ama, gayundin nakikilala Ko ang Ama: at ibinibigay Ko ang Aking buhay dahil sa mga tupa.” Muli na namang nakapasok si Jesus sa isipan ng mga nakikinig sa Kaniya sa pamamagitan ng halimbawang karaniwan sa kanilang samahan. Itinulad Niya ang impluwensiya ng Espiritu sa malamig at nakagiginhawang tubig, Inilalarawan Niya ang Kaniyang sarili na gaya ng liwanag, na bukal ng buhay at katuwaan sa tao at sa katalagahan. Ngayon naman sa pamamagitan ng larawan ng isang pastor ay inilalarawan Niya ang Kaniyang pakikisama o pagkakaugnay sa mga sumasampalataya sa Kaniya. Wala nang larawang higit na kilala ng mga nakikinig sa Kaniya kaysa rito, at ito’y magpakailanman nang ikinawing sa Kaniyang sarili ng mga salita ni Kristo. At kailanma’t makikita ng mga alagad ang mga pastor na nag-aalaga ng kanilang mga tupa, ay naaalaala rin nila ang aral ng Tagapagligtas. Para nilang nakikita si Kristo sa bawa’t tapat na pastor. Para rin nilang
[688] nakikita ang kanilang mga sarili sa mga walang-kaya’t umaasang tupa.

Ang ganitong halimbawa ay ikinapit ni propeta Isaias sa misyon ng Mesiyas, sa mapang-aliw na mga pangungusap, “Oh Siyon, na nagdadala ng mabubuting balita, sumampa ka sa mataas na bundok; Oh Jerusalem, na nagdadala ng mabubuting balita, itaas mo ang iyong tinig na may kalakasan; itaas mo, huwag kang matakot; sabihin mo sa bayan ng Juda, Narito ang iyong Diyos!

... Pakakanin Niya ang Kaniyang kawan na gaya ng pastor: titipunin Niya ang Kaniyang mga batang tupa ng Kaniyang bisig, at dadalhin sila sa Kaniyang sinapupunan.” Isaias 40:9-11. Inawit ni David, “Ang Panginoon ang aking Pastor hindi ako mangan-

gailangan." Awit 23:1 At sa pamamagitan ni Ezekiel ay nagsalita ang Espiritu Santo: "Maglalagay ako ng isang Pastor sa kanila, at pakakanin Niya sila." "Hahanapin ko ang nawala, at ibabalik ko ang iniligaw, at tatalian ang napilay, at palalakasin ang maysakit." "Gagawa ako sa kanila ng tipan ng kapayapaan." "At hindi na sila magiging pinakahuli sa mga bansa; ... kundi sila'y tatahang tiwasay, at walang tatakot sa kanila." Ezekiel 34:23, 16, 25, 28.

Ang mga hulang ito ay ikinapit ni Kristo sa Kaniyang sarili, at ipinakilala Niya ang pagkakaiba ng Kaniyang likas at ng likas ng mga pinuno ng Israel. Isa na ang itinawalag ng mga Pariseo sa kawan, sapagka't nangahas siyang sumaksi sa kapangyarihan ni Kristo. Isang kaluluwa ang inihiwalay nila na siya namang kinakabig o inilalapit ng Tunay na Pastor sa Kaniyang sarili. Sa ginawa nilang ito ay ipinakilala nilang sila'y walang kabatid-batid sa gawaing ipinagkatiwala sa kanila, at dikarapat-dapat sa pagiging mga pastor ng kawan. Ngayon ay iniharap sa kanila ni Jesus ang pagkakaiba nila at ng Mabuting Pastor, at itinuro Niyang Siya ang tunay na tagapag-alaga ng kawan ng Panginoon. Nguni't bago Niya ginawa [689]
ito, ipinakilala muna Niya ang Kaniyang sarili sa ibang talinghaga.

Ang wika Niya, "Ang pumasok sa kulungan ng mga tupa na hindi nagdaraan sa pintuan, kundi umaakyat sa ibang daan, ay magnanakaw at tulisan. Nguni't ang pumapasok sa pintuan ay siyang pastor ng mga tupa." Hindi nahalata ng mga Pariseong sila ang tinutukoy ng mga salitang ito. Nang dili-dilihin nila ang kahulugan, tapatang sinabi sa kanila ni Jesus, "Ako ang Pinto: kung ang sinuman ay pumasok sa pamamagitan Ko, siya'y maliligtas, at papasok at lalabas, at makakasumpong ng pastulan. Ang magnanakaw ay hindi pumapasok kundi upang magnakaw, at pumatay, at manlipol; Ako'y naparito upang sila'y magkaroon ng buhay, at magkaroon ng kasaganaan nito."

Si Kristo ang Pintuang patungo sa kulungan ng Diyos. Sa Pintuang ito nagsipasok ang lahat Niyang mga anak, magbuhat ng mga unang panahon. Ayon sa ipinakita ng mga anyo at mga anino, ayon sa ipinatanaw sa mga propeta, ayon sa mga aral na ibinigay sa mga alagad, at sa mga kababalaghang ginawa para sa mga anak ng mga tao, ay nakita nilang si Jesus "ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan" (Juan 1: 29), at sa pamamagitan Niya'y naipasok sila sa loob ng kulungan ng Kaniyang biyaya. Marami

na ang naparito na may mga ibang pinasasampalatayanan sa sanlibutan; may mga rito at seremonyang inayos upang ang mga tao'y makaasang tatanggap ng pagkaaring-ganap at ng kapayapaan sa Diyos, at sa gayo'y makapasok sila sa Kaniyang kulungan. Nguni't si Kristo lamang ang Pinto, at sinumang naglalagay ng iba sa lugar ni Kristo, at sinumang nagpipilit magdaan sa ibang daan upang pumasok sa kulungan, ay pawang magnanakaw at tulisan.

Ang mga Pariseo ay hindi nagsipasok sa Pintuan. Nagsipasok
[690] sila sa kulungan sa pamamagitan ng ibang daan na hindi kay Kristo, at hindi nila tinupad ang gawain ng tunay na pastor. Sinira ng mga saserdote at mga pinuno, ng mga eskriba at mga Pariseo, ang mga sariwang pastulan, at dinumhan ang mga bukal ng tubig ng buhay. Tamang-tama ang pagkakalarawan ng kinasihang Kasulatan sa mga bulaang pastor na ito: "Hindi ninyo pinalakas ang payat, o inyo mang pinagaling ang mga maysakit, o inyo mang ibinalik ang mga iniligaw; ... kundi inyong pinagpunuang may karahasan at may kahigpitan." Ezekiel 34:4.

Sa buong panahon ay inihaharap sa sanlibutan ng mga pilosopo at mga guro ang mga teoryang inaakalang makasisiya sa pangangailangan ng kaluluwa. Bawa't bansang di-Kristiyano ay nagkaroon ng kani-kaniyang mga guro at mga pamamaraan ng relihiyon na nag-aalok ng kaligtasang hindi kay Kristo, na inilalayo ang paningin ng mga tao sa mukha ng Ama, at pinupuno ang kanilang puso ng takot Doon sa nagbibigay sa kanila ng pagpapala. Ang takbo ng kanilang gawain ay nakawan ang Diyos ng karangalang nauukol sa Kaniya bilang Manlalalang at Manunubos. At pati ng tao ay ninanakawan din nila. Angaw-angaw na mga tao ang kuba na sa bigat ng mga maling relihiyon, ang inaalipin ng takot at pagwawalang-bahala, at parang mga hayop na nagpapagal, na walang pag-asa at walang ligaya dito, at ang tanging taglay ay ang pagkalugami sa takot sa hinaharap. Ang tanging nag-aangat sa kaluluwa ay ang ebanghelyo ng biyaya ng Diyos. Ang pagbubulay-bulay sa pag-ibig ng Diyos na ipinakita Niya sa pagkakapag-alay sa Kaniyang Anak, ay kikilos sa puso at aantig sa damdamin ng kaluluwa na hindi magagawa ng ano pa mang bagay. Naparito si Kristo upang likhaing muli sa tao ang larawan at wangis ng Diyos; at sinumang naglalayo ng mga tao kay Kristo ay inihihiwalay sila sa pinagmumulan ng tunay na kaunlaran;
[691] pinagkakaitan niya sila ng pagng layunin at ng kaluwalhatian sa

buhay. Siya ay isang magnanakaw at tulisan.

"Ang pumapasok sa pintuan ay siyang pastor ng mga tupa." Si Kristo ay siyang Pintuan at siya ring Pastor. Pumapasok Siya sa pamamagitan Niya. Siya'y nagiging pastor ng mga tupa dahil sa paghahandog ng Kaniyang sarili. "Siya ay bubuksan ng bantay-pinto; at naririnig ng mga tupa ang Kaniyang tinig: at tinatawag Niya ang Kaniyang sariling mga tupa sa pangalan, at Kaniyang inaakay sila sa paglabas. At kung mailabas na Niya ang sarili Niyang mga tupa, ay nagpapauna Siya sa kanila, at sumusunod sa Kaniya ang mga tupa: sapagka't nakikilala nila ang Kaniyang tinig."

Sa lahat ng hayop ang tupa ay isa sa pinakamahiyain at walang-kaya, at sa Silangan ang pag-aalaga ng pastor sa kaniyang kawan ay walang katapusan. Kung paano nang una ay gayundin ngayon na hindi gaanong tiwasay sa labas ng mga bayang nakukutaan. May mga tulisang buhat sa ibang mga kahanggang lahi, o kaya'y halimaw na nangungubli sa malalaking bato, at nangakaabang upang dambungin ang kawan. Binabantayan ng pastor ang kaniyang mga alaga, palibhasa'y nababatid niyang nanganganib ang sarili niyang buhay. Si Jacob, na nagalaga ng mga kawan ni Laban sa malawak na pastulan ng Haran, sa paglalarawan ng kaniyang sariling pagpapagal, ay nagsabi, "Sa araw ay nasusunog ako ng init, at sa gabi ay ng lamig; at tinakasan ng antok ang aking mga mata." Genesis 31:40. At sa ganito ring pagbabantay ng batang si David sa mga tupa ng kaniyang ama, sinagupa niyang nag-iisa ang leon at oso, at inagaw ang tupa mula sa kanilang bibig.

Sa pag-akay ng pastor sa kaniyang kawan sa mababatong mga burol, sa mga gubat at mga bangin, hanggang sa madamong pampang ng mga ilog; habang binabantayan niya sila sa mga kabundukan sa gabing mapanglaw, na ikinukubli sa mga tulisan, at inaalagaang [692]
may pagmamahal ang maysakit at mahina, ay natutulad na rin ang buhay niya sa mga ito. Tumitindi at humihigpit ang kaniyang pagmamahal sa mga alaga niya. Gaano man kalaki ang kawan, kilala rin ng pastor ang bawa't lupa. Bawa't isa ay may sarili niyang pangalan, at sumasagot naman pagka tinawag ng pastor.

Kung paanong nakikilala ng taong-pastor ang kaniyang mga tupa, gayon nakikilala ng Diyos na Pastor ang Kaniyang kawan na nakakalat sa buong sanlibutan. "Kayong Aking kawan, kawan ng Aking pastulan, ay mga tao, at Ako ang inyong Diyos, sabi

ng Panginoong Diyos." Ang sabi ni Jesus, "Tinawag kita sa iyong pangalan; ikaw ay Akin." "Iniukit kita sa mga palad ng Aking mga kamay." Ezekiel 34:31; Isaias 43:1; 49:16.

Kilala ni Jesus ang bawa't isa sa atin, at Siya'y nahahabag sa ating mga kahinaan. Kilala Niya tayong lahat sa pangalan. Alam Niya ang bahay na ating tinatahanan, at pati ang pangalan ng bawa't tumatahan. Sa panapanahon ay nagbibilin Siya sa Kaniyang mga lingkod na paghanapin ang isa Niyang tupa sa gayong daan, sa gayong lungsod, at sa gayong bahay.

Bawa't tao ay kilalang lubos ni Jesus na parang siya lamang ang kaisa-isang pinagkamatayan ng Tagapagligtas. Ang nakababagabag sa bawa't isa ay nakababagabag din sa puso Niya. Ang daing na humihingi ng tulong ay naririnig Niya. Naparito Siya upang ilapit ang lahat ng tao sa Kaniya rin. Ang atas Niya'y, "Sumunod kayo sa Akin," at kinikilos ng Kaniyang Espiritu ang kanilang mga puso upang lumapit sila sa Kaniya. Marami ang ayaw lumapit. Kilala ni Jesus kung sino sila. Kilala rin Niya kung sino ang natutuwang makinig ng Kaniyang tawag, at handang paampon sa Kaniyang pag-aalaga. Ang wika Niya, "Nakikilala ng Aking mga tupa ang Aking tinig, at nakikilala Ko sila, at sumusunod sila sa Akin." Iniingatan
[693] Niya ang bawa't isa na parang wala nang iba pang tao sa ibabaw ng lupa.

"Tinatawag Niya ang Kaniyang sariling mga tupa sa pangalan, at inaakay sila sa paglabas. ... At sumusunod sa Kaniya ang mga tupa: sapagka't nakikilala nila ang Kaniyang tinig." Hindi itinataboy ng pastor sa Silangan ang kaniyang mga tupa. Hindi siya nananalig sa lakas o panakot; kundi siya ang nagpapauna at saka tinatawag sila. Kilala nila ang kaniyang tinig at tinatalima ang tawag. Ganyan din ang Tagapagligtas na Pastor sa Kaniyang mga tupa. Sinasabi ng Kasulatan, "Iyong pinapatnubayan ang Iyong bayan na parang kawan sa pamamagitan ng kamay ni Moises at ni Aaron." Sa pamamagitan ng propeta ay sinasabi ni Jesus, "Inibig kita ng walang-hanggang pag-ibig: kaya't Ako'y lumapit sa iyo na may kagandahang-loob." Hindi Niya pinipilit ang sinuman na sumunod sa Kaniya. "Akin silang pinapatnubayan," wika Niya, "ng mga tali ng tao, ng mga panali ng pag-ibig." Awit 77:20; Jeremias 31:3; Oseas 11:4.

Hindi dahil sa takot sa parusa, o dahil sa pag-asa sa walang-hanggang gantimpala, kaya sumusunod kay Kristo ang mga alagad Niya.

Namamasdan nila ang Kaniyang walang-katulad na pag-ibig, na ipinakita sa Kaniyang pamumuhay sa lupa, buhat sa pasabsaban ng hayop sa Bethlehem hanggang sa krus ng Kalbaryo, at sa tuwi nilang makikita Siya ay ito ang umaakit, nagpapalambot at nagpapasuko sa kaluluwa. Nagigising ang pag-ibig sa puso ng mga tumitingin. Naririnig nila ang Kaniyang tinig, at sila'y sumusunod.

Sa pag-una ng pastor sa kaniyang mga tupa, siya ang unang sumasagupa sa mga panganib ng daan, at ganyan din ang ginagawa ni Jesus sa Kaniyang bayan. "Pagka nailabas na Niya ang Kaniyang mga tupa, Siya'y nagpapauna sa kanila." Ang daang paakyat sa langit ay itinalaga ng mga bakas ng paa ni Jesus. Ang landas ay [694]
maaaring matarik at baku-bako, gayunma'y nakaraan na si Jesus sa daang yaon; napikpik na ng Kaniyang mga paa ang matutulis na tinik, upang maging higit na madali para sa atin ang pagdaan. Ang lahat ng pasaning dadalhin natin ay napasan na Niya.

Bagaman ngayon ay nakaakyat na Siya sa harapan ng Diyos, at kasama na ng Diyos sa luklukan ng santinakpan, hindi pa rin nawawala kay Jesus ang likas na maawain. Hanggang ngayon ay bukas pa rin ang Kaniyang magiliwin at maawaing puso sa lahat ng daing at hirap ng sangkatauhan. Hanggang ngayon ay nakaunat pa rin ang Kaniyang pinakuang mga kamay upang masaganang pagpalain ang Kaniyang bayang nakakalat sa sanlibutan. "At hindi sila mapapahamak kailanman, o aagawin man sila ng sinuman sa Aking kamay." Ang kaluluwang nagbigay na ng kaniyang sarili kay Kristo ay higit na mahalaga sa Kaniyang paningin kaysa buong sanlibutan. Pipiliin ng Tagapagligtas na dumaan sa mga hirap ng Kalbaryo upang mailigtas lamang ang isang kaluluwa sa Kaniyang kaharian. Hindi Niya pababayaan kailanman ang isang pinagkamatayan Niya. Malibang piliin ng mga sumusunod sa Kaniya na Siya'y iwanan, Kaniyang mahigpit silang pipigilan.

Sa lahat ng mga pagsubok sa atin ay mayroong Tumutulong sa atin na di-kailanman nagkukulang. Hindi Niya binabayaan tayong mag-isang makilaban sa tukso at sa masama, upang magapi at maghinagpis lamang sa katapusan. Bagama't ngayon ay hindi Siya abot ng mata ng tao, gayunman ay naririnig ng tainga ng pananampalataya ang Kaniyang tinig na nagsasabi, Huwag kang matakot; Ako'y kasama mo. "Ako ang nabubuhay at namatay; at narito, Ako'y nabubuhay magpakailanman." Apocalipsis 1:18. Tiniis Ko ang iy-

ong mga kalungkutan, dinanas Ko ang iyong mga pakikipagpunyagi,
[695] at sinagupa Ko ang iyong mga tukso. Alam Ko ang iyong mga pagluha; Ako man ay tumangis din. Alam Ko ang mga kadalamhatiang hindi kayang ihinga ng tao sa pakinig ng kaniyang kapwa. Huwag mong isiping ikaw ay nag-iisa at pinababayaan. Bagama't sa iyo'y walang dumamay na mga taong tagalupa, tumingin ka sa Akin, at ikaw ay mabuhay. "Ang mga bundok ay maaalis, at ang mga burol ay mapapalipat; nguni't ang Aking kagandahangloob ay hindi hihiwalay sa iyo, o ang Akin mang tipan ng kapayapaan ay maaalis, sabi ng Panginoon na naaawa sa iyo." Isa. 54:10.

Gaano man kalaki ang pagmamahal ng isang pastor sa kaniyang mga tupa, ay higit niyang mahal ang sarili niyang mga anak. Si Jesus ay hindi lamang ating pastor; Siya rin naman ay ating "walang-hanggang Ama." At sinasabi Niya, "Nakikilala ko ang sariling Akin, at nakikilala rin Ako ng sariling Akin, gaya ng pagkakilala sa Akin ng Ama, at nakikilala Ko ang Ama." Juan 10:14, 15, R.V. Anong pangungusap ito!—ang tanging bugtong na Anak, Siya na nasa sinapupunan ng Ama, Siya na ipinahayag ng Diyos na "ang Taong Aking kasama" (Zacarias 13:7) —ang pag-uugnayan Niya at ng walang-hanggang Diyos ay itinutulad sa pag-uugnayan ni Kristo at ng Kaniyang mga anak sa lupa!

Sapagka't tayo ay kaloob ng Kaniyang Ama, at ganlimpala sa Kaniyang gawa, kaya iniibig tayo ni Jesus. Minamahal Niya tayo bilang Kaniyang mga anak. Ikaw na bumabasa, iniibig ka Niya. Ni ang langit ay walang maibibigay na higit na dakila at higit na mabuti. Kaya magtiwala ka.

Naalaala ni Jesus ang mga taong nasa ibabaw ng buong lupa na nailigaw ng mga bulaang pastor. Yaong mga minimithi Niyang mapisan o matipon bilang mga tupa ng Kaniyang pastulan ay mga nangangalat sa gitna ng mga lobo, at sinabi Niya, "May iba pa Akong
[696] mga tupa, na wala sa kulungang ito: sila'y kailangan din namang dalhin Ko, at kanilang diringgin ang Aking tinig; at sila'y magiging isang kawan, at magkakaroon ng isang pastor." Juan 10:16, R.V.

"Dahil dito'y iniibig Ako ng Aking Ama, sapagka't iniaalay Ko ang Aking buhay, upang kunin Kong muli." Sa ibang sabi, inibig kayo nang gayon na lamang ng Aking Ama, na anupa't lalo pa Niya Akong inibig dahil sa ibinigay Ko ang Aking buhay upang tubusin kayo. Nang Ako'y maging inyong kahalili at panagot, sa pamam-

agitan ng pag-aalay Ko ng Aking buhay, ng pag-ako sa inyong mga utang, at sa inyong mga pagsalansang, ay lalo Akong napamahal sa Aking Ama.

"Iniaalay Ko ang Aking buhay upang kunin Kong muli. Walang kumukuha nito sa Akin, kundi iniaalay Ko ito sa Aking sarili. May kapangyarihan Akong magbigay nito, at may kapangyarihan Akong kunin Kong muli." Sa Kaniyang pagiging kalahi ng tao, Siya'y mamamatay; nguni't sa pagiging Diyos, Siya ang bukal ng buhay ng sanlibutan. Kaya Niyang labanan ang pamamayani ng kamatayan, at huwag pailalim sa kapangyarihan nito, subali't kusa Niyang ibinigay ang Kaniyang buhay, upang Siya'y makapagdala ng buhay at ng kawalang-kamatayan. Dinala Niya ang kasalanan ng sanlibutan, binata ang sumpa nito, ibinigay ang Kaniyang buhay na pinakaalay upang ang tao'y huwag mamatay ng kamatayang walanghanggan. "Tunay na Kaniyang dinala ang ating karamdaman at dinala ang ating mga kapanglawan. ... Siya'y nasugatan dahil sa ating mga pagsalansang, Siya'y nabugbog dahil sa ating mga kasamaan: ang parusa ng tungkol sa ating kapayapaan ay nasa Kaniya; at sa pamamagitan ng Kaniyang mga latay ay nagsigaling tayo. Tayong lahat na gaya ng mga tupa ay naligaw; tayo ay tumungo bawa't isa, sa kaniyang sariling daan; at pinasan sa Kaniya ng Panginoon ang kasamaan nating lahat." Isaias 53:4-6. [697]

# Kabanata 53—Ang Huling Paglalakbay Buhat sa Galilea

Ang kabanatang ito ay batay sa Lukas 9:51-56; 10:1-24.

Nang malapit nang magwakas ang ministeryo ni Kristo, nagkaroon ng pagbabago ang paraan ng Kaniyang paggawa. Dati ay Kaniyang iniiwasan na Siya'y maging laman ng balita. Tinanggihan Niya ang pagbubunyi ng mga tao, at madali Siyang nagpalipat-lipat ng lugar nang makita Niyang ang nag-uumapaw na pagtingin ng lahat sa Kamya ay waring hindi masasawata. Paulit-ulit na ipinag-utos Niyang huwag Siyang itatanyag na Siya ang Kristo.

Nang panahon ng Pista ng mga Tabernakulo ay madali at palihim ang Kaniyang pagdalaw sa Jerusalem. Nang Siya'y pilitin ng Kaniyang mga kapatid na magpakilala Siyang Mesiyas, ang naging sagot Niya ay, "Hindi pa dumarating ang Aking panahon." Juan 7:6. Tinungo Niya ang Jerusalem na di-nagpamalay, at pumasok sa siyudad nang walang-pahi-pahiwatig, at walang parangal ng karamihan. Nguni't hindi gayon sa huli Niyang pagdalaw. Sandaling nilisan Niya ang Jerusalem dahil sa poot ng mga saserdote at mga rabi. Datapwa't ngayon ay binalak Niyang bumalik, na naglakad na kita ng lahat, sa isang lansangang lumiligid sa siyudad, at pinangunahan
[698] ng balitang Siya'y dumarating, bagay na hindi Niya ito kailanman ginawa nang una. Nagpapauna na Siya sa lugar ng Kaniyang paghahandugan, at dito dapat mapatuon ang isip ng mga tao.

"Kung paanong itinaas ni Moises sa ilang ang ahas, gayundin kailangang itaas ang Anak ng tao." Juan 3:14. Kung paanong ang Israel ay pinagbilinang tumingin sa itinaas na ahas, na sagisag na pinili upang sila'y pagalingin gayundin ang lahat ng mata'y tumingin kay Kristo, ang haing naghatid ng kaligtasan sa nawaglit na sanlibutan.

Maling palagay sa gawain ng Mesiyas, at kawalan ng paniniwala sa likas na pagka-Diyos ni Jesus, ang siyang umakay sa Kaniyang mga kapatid na Siya'y piliting humarap nang lantaran sa Pista ng mga Tabernakulo. Ngayon naman, sa diwang tulad din nito, ay pipig-

ilin din sana Siya ng mga alagad sa pagdalaw sa Jerusalem. Naalaala nila ang mga sinabi Niya na mangyayari sa Kaniya doon. Alam nila ang matinding galit ng mga pinuno ng relihiyon, at mahigpit ang kanilang hangad na huwag na sana Siyang magtuloy.

Mapait sa loob ni Kristo na ipilit ang kagustuhan Niya laban sa ikinatatakot, kabiguan, at di-paniniwala ng Kaniyang minamahal na mga alagad. Mahirap na sila'y akayin sa kadalamhatian at pagkabigong naghihintay sa kanila sa Jerusalem. At handa si Satanas na ipilit ang kaniyang mga tukso sa Anak ng tao. Bakit nga magtutuloy pa Siya sa Jerusalem, sa tiyak na kamatayan? Nakapaligid sa Kaniya ang mga kaluluwang nangagugutom sa tinapay ng buhay. Sa magkabi-kabilay naroroon ang mga maysakit na naghihintay sa Kaniyang salitang nag papagaling. Ngayon pa lamang tumutubo ang ebanghelyo ng Kaniyang biyaya. At Siya'y nasa kasalukuyang kalusugan ng buhay. Bakit hindi Siya tumungo sa malalawak na bukirin ng sanlibutan na taglay ang mga salita ng Kaniyang biyaya, ang Kaniyang hipo na nagpapagaling? Bakit hindi Niya ikaliligaya [699]
ang maghatid ng liwanag at katuwaan sa angaw-angaw na nasa kadiliman at kalungkutan? Bakit Niya iiwan sa Kaniyang mga alagad ang pag-aani, gayong ang mga ito ay lubhang mahihina sa pananampalataya, mapupurol ang isip, at mababagal kumilos? Bakit Niya haharapin ngayon ang kamatayan, at iiwan ang gawaing ngayon pa lamang nagsisimula? Ang kaaway na nakaharap ni Kristo sa ilang ay sinasalakay Siya ngayon sa pamamagitan ng mababangis at tusong mga tukso. Kung kahit sa isang sandali ay sumuko si Jesus sa mga tukso, kung binago Niya nang kahit kaunti ang lakad Niya upang iligtas ang Kaniyang sarili, nagtagumpay sana ang mga kampon ni Satanas, at nawaglit ang buong sanlibutan.

Nguni't "matibay ang kapasiyahang iniharap ni Jesus ang Kaniyang mukha sa Jerusalem." Ang kaisa-isang batas ng Kaniyang buhay ay ang kalooban ng Ama. Noong bata pa Siyang dumalaw sa templo, ay sinabi Niya kay Maria, "Hindi mo ba alam na dapat Akong maglumagak sa gawain ng Aking Ama?" Lukas 2:49. At sa Cana, nang ibig ni Mariang ipakita Niya ang Kaniyang mapaghimalang kapangyarihan, ang naging sagot Niya ay, "Hindi pa dumarating ang Aking oras." Juan 2:4. Ganyan din ang isinagot Niya sa Kaniyang mga kapatid nang pilitin nila Siyang umahon sa pista. Datapwa't sa dakilang panukala ng Diyos ay may oras na

itinakda sa pagaalay Niya ng Kaniyang sarili para sa mga kasalanan ng mga tao, at ang oras na iyon ay malapit nang ihudyat. Hindi Niya nais na umurong ni magkulang man. Ang mga hakbang Niya ay patungo sa Jerusalem, na doo'y malaon nang may banta ang Kaniyang mga kaaway na kitlin ang Kaniyang buhay; ngayon ay Kaniyang iaalay na ito. Matibay ang kapasiyahang iniharap Niya ang Kaniyang mukha sa pag-uusig, pagkakaila, pagtanggi, paghatol,
[700] at kamatayan.

At Siya'y "nag-utos ng mga sugo sa harapan Niya; at sila'y nagsiyaon at nagsipasok sa isang nayon ng mga Samaritano, upang ipaghanda Siya." Nguni't hindi Siya tinanggap ng mga tao, dahil sa Siya'y patungo sa Jerusalem. Ipinalalagay nilang ito'y nangangahulugang pinili ni Kristo ang mga Hudyo, na siya namang kinamumuhian nila nang labis. Kung ang ipinaroon Niya ay upang itayong muli ang templo at ibalik ang pagsamba sa Bundok ng Gerizim, ay tinanggap sana nila Siya; nguni't patungo Siya sa Jerusalem, kaya hindi nila nais pagpa kitaan Siya ng pagtanggap. Bahagya man ay hindi nila napag-alamang ang tinatanggihan nila ay ang pinakamabuting kaloob ng langit. Inanyayahan ni Jesus ang mga taong Siya'y tanggapin, humingi Siya ng lingap sa kanila, upang Siya'y makalapit sa kanila. at mabigyan sila ng pinakamayayamang pagpapala. Bawa't lingap na Kaniyang tinanggap, ginanti naman Niya ng lalong mahalagang biyaya. Subali't nawala ang lahat nang ito sa mga Samaritano dahil sa kanilang pagtatanim ng loob at kahambugan.

Ang mga sugong inutusan ni Kristo, na sina Santiago at Juan, ay labis na nangayamot sa ganitong paghamak na ipinakita sa kanilang Panginoon. Napuno sila ng galit sapagka't magaspang ang ugaling inasal sa Kaniya ng mga Samaritano, na mga taong dinadalhan Niya ng karangalan sa pamamagitan ng Kaniyang pagparoon. Hindi pa nagluluwat na nakasama Niya sila sa bundok ng pagbabagong-anyo, at nakita nilang Siya'y niluwalhati ng Diyos, at pinarangalan ni Moises at ni Elias. Ipinalagay nilang ang ganitong kahiya-hiyang paghamak ng mga Samaritano ay hindi dapat palampasing walang parusa.

Nagsilapit sila kay Kristo, at ibinalita ang mga sabisabi ng mga tao, na Siya'y ni hindi mabibigyan ng mga ito ng matutuluyan sa
[701] gabi. Inakala nilang isang malaking kalapastanganan ang ginawa sa

Kaniya, kaya't pagkakita nila sa Bundok ng Carmel sa malayo, na doo'y pinatay ni Elias ang mga bulaang propeta, ay sila'y nagsabi, "Ibig Mo bang ating ipag-utos na bumaba ang apoy buhat sa langit, at sunugin sila, gaya ng ginawa ni Elias?" Siya'y nagtaka nang madama nilang dinamdam ni Jesus ang kanilang sinabi, at naragdagan pa ang kanilang pagtataka nang sila'y sansalain Niya, "Hindi ninyo nalalaman kung ano ang diwang sumasainyo. Sapagka't hindi naparito ang Anak ng tao upang magpahamak ng buhay ng tao, kundi upang magligtas." At Siya'y nagtungo sa ibang nayon.

Hindi bahagi ng misyon ni Kristo na ang mga tao ay piliting tanggapin Siya. Si Satanas, at mga taong may diwang-satanas ang pumipilit sa budhi. Sa ilalim ng pagkukunwang masipag sa kabanalan, ay may mga taong nakikipanig sa masasamang anghel, na naghahatid ng hirap sa kanilang kapwa, upang papaniwalain sila sa kanilang relihiyon; nguni't si Kristo ay laging naaawa, na laging nagsisikap na humikayat sa pamamagitan ng pagpapakita ng Kaniyang pag-ibig. Hindi Siya pumapayag na magkaroon ng kaagaw sa isang kaluluwa, ni hindi rin Niya tinatanggap ang kalakalahating paglilingkod; nguni't ang tanging minimithi Niya ay kusang-loob na paglilingkod, at ang kusang pagpapasakop ng puso sa ilalim ng pamimilit ng pag-ibig. Wala nang lalo pang ga nap na katibayan na tayo'y nag-aangkin ng espiritu ni Satanas kundi ang ugaling makasakit at magpahamak sa mga hindi nagpapahalaga sa ating gawain, o sa mga sumasalungat sa ating mga kuru-kuro o paniniwala.

Ang katawan, kaluluwa at espiritu ng bawa't tao ay pag-aari ng Diyos. Si Kristo ay nagpakamatay upang tubusin ang lahat. At wala nang lalong labang-laban sa Diyos na di-gaya ng pinsalain ng tao yaong mga binili ng dugo ng Tagapagligtas, dahil lamang sa [702]
pagkainggit sa relihiyon.

"At Siya'y umalis doon at pumasok sa mga hangganan ng Judea at sa dako pa roon ng Jordan: at ang mga karamihan ay muling nakipisan sa Kaniya; at, ayon sa Kaniyang kinaugalian ay muling tinuruan Niya sila." Marcos 10:1.

Ang malaking bahagi ng mga huling buwan ng ministeryo ni Kristo ay ginugol Niya sa Perea, ang lalawigang nasa "malayulayong dako ng Jordan" mula sa Judea. Dito'y dumagsa sa Kaniya

ang karamihan, gaya noong pasimula ng Kaniyang ministeryo sa Galilea, at marami sa mga iniaral Niya nang una ay inulit.

Kung paanong isinugo Niya ang Labindalawa, gayundin Siya'y "humirang ng pitumpu pa, at isinugo Niya sila nang dala-dalawa sa unahan Niya sa bawa't siyudad at dako, na Kaniyang malapit nang paroonan." Lukas 10: 1, R.V. Ang mga alagad na ito ay maluwat nang kasamasama Niya, na tinuturuan para sa kanilang gawain. Nang isugo ang Labindalawa sa una nilang hiwa-hiwalay na pagmimisyon, may iba namang mga alagad na sumama kay Jesus sa paglalakbay Niya sa Galilea. Sa ganito sila'y nagkaroon ng karapatang makisama sa Kaniya at makipag-aral. Ngayon ang lalong malaking bilang na ito ay hahayo naman sa ibang pagmimisyon.

Ang mga tagubilin sa Pitumpu ay katulad din ng sa Labindalawa; nguni't ang utos sa Labindalawa, na huwag pumasok sa alinmang bayan ng mga Hentil o ng mga Samaritano, ay hindi ibinigay sa Pitumpu. Bagama't si Kristo ay pinaalis ng mga Samaritano, hindi rin nag babago ang Kaniyang pag-ibig sa kanila. Nang magsiyaon na ang Pitumpu sa Kaniyang pangalan, ang kauna-unahan nilang dinalaw ay ang mga siyudad ng Samaria.

Ang sariling pagdalaw ng Tagapagligtas sa Samaria, at nang
[703] dakong huli, ang papuri sa mabuting Samaritano, at ang masayang pasasalamat ng Ketonging Samaritano, na kaisa-isa sa sampu na nagbalik upang magpasalamat kay Kristo, ay puno ng kahulugan sa mga alagad. Ang aral ay natanim nang malalim sa kanilang mga puso. Sa tagubilin Niya sa kanila bago Siya umakyat sa langit, binanggit ni Jesus ang Samaria na kasama ng Jerusalem at Judea na mga dakong uunahin nilang pangaralan ng ebanghelyo. Ang Kaniyang turo ay nakatulong sa kanilang tupdin ang Kaniyang tagubilin. Nang sila'y magsitungo sa Samaria sa pangalan ng kanilang Panginoon, ay natagpuan nila ang mga taong handang tumanggap sa kanila. Narinig na ng mga Samaritano ang mga papuri ni Kristo at ang mga pagkakawanggawa Niya sa kanilang mga kabansa. Napagkilala niiang sa kabila ng magaspang na kaugaliang inasal nila sa Kaniya, ay minamahal pa rin Niya sila, at nahikayat ang kanilang mga puso. Nang makaakyat na si Jesus sa langit, sila na ang naganyaya sa mga sinugo ng Tagapagligtas, at nakatipon ang mga alagad ng maraming aning kaluluwa buhat sa dating mahihigpit nilang kaaway na ito. "Ang gapok na tambo ay hindi Niya babaliin, at ang timsim na

umuusok ay hindi Niya papatayin: Siya ay maglalapat ng kahatulan sa katotohanan." "At aasa sa Kaniyang pangalan ang mga Hentil." Isaias 42:3: Mateo 12:21.

Nang suguin ni Jesus ang Pitumpu, pinagbilinan Niya silang tulad din ng Labindalawa, na huwag maglumagak sa mga ayaw sa kanila. "Sa alinmang bayang inyong pasukin, at hindi kayo tinanggap," wika Niya "ay magsilabas kayo sa mga lansangan, at sabihin ninyo, Pati ng alikabok ng inyong bayan, na kumakapit sa amin. ay aming ipinapagpag laban sa inyo: gayon pa man ay inyong pakatandaan ito, na ang kaharian ng Diyos ay dumating na sa inyo." Hindi nila gagawin ito nang dahil sa sila'y napulaan, kundi upang ipakilala kung gaano kabigat ang tumanggi sa pabalita ng Panginoon
o sa Kaniyang mga tagapagbalita. Ang pagtanggi sa mga lingkod [704]
ng Panginoon ay pagtanggi rin kay Kristo. [705]

"Sinasabi Ko sa inyo," dagdag pa ni Jesus, "na lalo pang maipagpapaumanhinan ang Sodoma kaysa bayang yaon." Pagkatapos ay bumaling ang Kaniyang isip sa mga bayan ng Galilea na pinaglingkuran Niya nang maluwat. At sa malalim na pagbubuntunghininga ay sinabi Niya, "Sa aba mo, Corazin! sa aba mo, Bethsaida! sapagka't kung ang mga makapangyarihang gawang ginawa sa inyo ay ginawa sa Tiro at Sidon, malaon na sana silang nagsisi, at nakaupong may magaspang na kayo at mga abo. Nguni't lalo pang maipagpapaumanhin ang Tiro at Sidon sa paghuhukom kaysa inyo. At ikaw Capernaum, na nagpakataas-taas hanggang sa langit, ay mahahagis ka hanggang sa impiyerno."

Sa mga bayang yaong nasa paligid ng Dagat ng Galilea, ay inialok ang masaganang kayamanan ng langit. Araw-araw ay labasmasok sa gitna nila ang Prinsipe ng buhay. Ang kaluwalhatian ng Diyos, na minithing makita ng mga propeta at mga hari, ay sumilang sa karamihang nagsiksikan sa harapan ng Tagapagligtas. Gayunman ay tinanggihan nila ang Kaloob ng langit.

Taglay ang malaking pagmamayabang na pinagbawalan ng mga rabi ang mga tao na huwag tanggapin ang mga bagong aral na itinuturo ng bagong gurong ito; sapagka't ang Kaniyang mga teorya at mga gawain ay nasasalungat sa mga turo ng mga magulang. Pinaniwalaan ng mga tao ang itinuro ng mga saserdote at mga Pariseo, sa lugar na pagsikapan sa sarili nila na maalaman ang itinuturo ng salita ng Diyos. Pinarangalan nila ang mga saserdote at mga pinuno

sa halip na ang parangalan ay ang Diyos, at tinanggihan nila ang katotohanan upang maingatan nila ang kanilang mga sali't saling sabi. Marami ang napapaniwala at halos susunod na lamang; subali't
[706] hindi nila sinunod ang iniuutos ng kanilang dam- damin, at sa gayon ay hindi sila napabilang sa panig ni Kristo. Ipinakilala ni Satanas ang kaniyang mga tukso, hanggang sa ang liwanag ay lumitaw na parang kadiliman. Sa ganyang paraan tumanggi ang marami sa katotohanan na sana'y siyang nagligtas sa kanilang kaluluwa.

Sinasabi ng Tunay na Saksi, "Narito, Ako'y nakatayo sa pintuan, at tumutuktok." Apocalipsis 3:20. Bawa't babala, saway, at pakiusap na nakapaloob sa Salita ng Diyos o sinasalita man ng Kaniyang mga tagapagbalita, ay isang katok sa pintuan ng puso. lyon ang tinig ni Jesus na humihiling na Siya'y papasukin. Bawa't katok na di-pinakikinggan, ay lalong nagpapahina sa kalooban na magbukas. Ang mga udyok ngayon ng Espiritu Santo kung hindi papansinin, ay hindi na magiging kasinlakas ng sa bukas. Nagiging paking ang pakiramdam ng puso, hanggang sa mawala na sa alaala ang kaigsian ng buhay at pati ng buhay na walang-hanggan. Ang hatol sa atin sa paghuhukom ay hindi dahil sa tayo'y namali, kundi dahil sa kinaligtaan natin ang mga pagkakataong padala ng langit na makilala natin ang katotohanan.

Ang Pitumpu ay tulad din sa mga apostol na nagsitanggap ng di-pangkaraniwang sukat ng kasiglahan sa kanilang pagmimisyon. Nang matapos na nila ang kanilang gawain, nagsibalik silang nangatutuwa, na nangagsasabi, "Panginoon, pati ng mga demonyo ay sumusuko sa amin sa pamamagitan ng Iyong pangalan." Sumagot si Jesus. "Nakita Ko si Satanas na nahuhulog na parang kidlat buliat sa langit."

Nagdaan sa isip ni Jesus ang mga tanawin ng nakaraan at ng hinaharap. Nakita Niya si Lucifer nang ito'v unang ihagis buhat sa langit. Natanaw rin Niya ang dumarating Niyang paghihirap na doo'y malalantad ang tunay na likas ng magdaraya. Narinig Niya ang sigaw, "Naganap na" (Juan 19:30), na nagbabalitang tiyak na
[707] ang pagkatubos sa nagkasalang sangkatauhan, at ang langit ay hindi na magagambala pa ng mga paratang, hibo, at mga pakunwari ni Satanas.

Sa kabila ng krus ng kalbaryo, na kasama ang kadalamhatian at kahihiyan nito, ay tiningnan ni Jesus ang dakilang huling araw, na

ang prinsipe ng kapangyarihan ng himpapawid ay ipapahamak sa lupang laon nang dinungisan ng kaniyang paghihimagsik. Natanaw ni Jesus na nawakasan na magpakailanman ang gawain ng kasamaan, at ang kapayapaan ng Diyos ay nag-uumapaw sa lupa at langit.

Buhat ngayon ay ituturing ng mga alagad ni Kristo na si Satanas ay isang lupig na kaaway. Nakamtan ni Jesus ang tagumpay para sa kanila doon sa ibabaw ng krus; ang tagumpay na hangad Niyang angkinin nila na parang kanilang sarili. "Narito," sabi Niya, "binibigyan Ko kayo ng kapangyarihang yumurak sa mga ulupong at mga alakdan, at sa lahat ng kapangyarihan ng kaaway: at sa anumang paraan ay hindi kayo maaano."

Ang walang-hanggang kapangyarihan ng Espiritu Santo ay siyang pananggalang ng bawa't nagsisising kaluluwa. Sinumang nagsisisi at sumasampalataya na umaangkin sa pagsasanggalang ni Kristo, ay hindi tutulutang mapasailalim ng kapangyarihan ng kaaway. Nasa piling ng Tagapagligtas ang mga tinutukso at sinusubok. Sa ganang Kaniya ay walang pagkabigo, walang pagkalugi, walang di-mangyayari, o walang pagkagapi; magagawa natin ang lahat ng mga bagay sa pamamagitan Niya na nagpapalakas sa atin. Kapag dumarating ang mga tukso at mga pagsubok, huwag ninyong hintaying maalis muna ang lahat ng mga kahirapan, kundi tumingin kayo kay Jesus, na inyong katulong.

May mga Kristiyanong nag-aakala at nagsasalita nang labis tungkol sa kapangyarihan ni Satanas. Iniisip nila ang kanilang kaaway, dumadalangin sila at nagsasalita tungkol sa kaniya, at sa kanilang guni-guni at lumalaki siya nang lumalaki. Totoo nga kung [708]
sabagay, na si Satanas ay isang makapangyarihang kinapal; subali't salamat sa Diyos, mayroon tayong isang Tagapagligtas na makapangyarihan, na nagpalayas sa demonyo sa langit. Nasisiyahan si Satanas kapag dinadakila natin ang kaniyang kapangyarihan. Bakit nga hindi si Jesus ang ating pag-usapan? Bakit hindi natin dakilain ang Kaniyang kapangyarihan at ang Kaniyang pag-ibig?

Ang bahaghari ng pangako na nakapaligid sa luklu-, kan ng Diyos, ay isang walang-hanggang patotoo na "gayon na lamang ang pagsinla ng Diyos sa sanlibutan, na ibinigay Niya ang Kaniyang bugtong na Anak, upang ang sinumang sa Kaniya'y sumampalataya ay huwag mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang-hanggan." Juan 3:16. Pinatutunayan nito sa santinakpan na hindi

pababayaan ng Diyos ang Kaniyang bayan sa pakikilaban sa masama. Pangako ito sa atin na hindi papagkukulangin sa atin ang lakas at pag-iingat habang nananatili ang lukiukan ng Diyos.

Idinugtong ni Jesus, "Gayunma'y huwag ninyong ikagalak ito na sumusuko sa inyo ang mga espiritu; kundi inyong ikagalak na ang inyong mga pangalan ay nakasulat sa langit." Huwag ninyong ikagalak na mayroon kayong kapangyarihan, baka mawala sa inyong alaala ang pagtitiwala sa Diyos. Mag-ingat kayo na baka umasa kayo sa inyong sarili, at gumawa kayo sa inyong sariling lakas, at hindi sa espiritu at lakas ng inyong Panginoon. Palaging nakaabang ang sarili na ipagmapuri ang anumang tagumpay na kinamtan. Ang sarili ay nagmamapuri at nagyayabang, at hindi naiisip ng mga iba na ang Diyos ay siyang lahat at nasa lahat. Sinasabi ni apostol Pablo na, "Pagka ako'y mahina, saka ako malakas." 2 Corinto 12:10. Kapag ating nakikilalang tayo'y mahihina, natututo layong umasa sa isang kapangyarihang wala sa atin. Waiang lalong malakas magpatapang
[709] sa kalooban kundi ang pananalig na mayroon tayong kapanagutan sa Diyos. Walang umaabot sa kalalim-lalimang udyok ng marangal na kaugalian na gaya ng mapagpatawad na pag-ibig ng Diyos. Makipag-ugnay muna tayo sa Diyos, at saka pa lamang tayo mapupuspos ng Kaniyang Espiritu Santo, na siyang nagbibigay-kaya sa atin na makipag-ugnay naman sa ating mga kapwa tao. Kaya pasalamat kayo na sa pamamagitan ni Kristo ay mayroon kayong pakikiugnay sa Diyos, kayong mga kaanib sa sambahayan ng langit. Habang tumitingin kayo nang higit na mataas kaysa inyong sarili, lagi kayong makadarama ng kahinaan ng sangkatauhan. Habang binabawasan ninyo ang pagtingin sa sarili, lalo namang lumiliwanag at nagiging ganap ang pagkakilala ninyo sa kagalingan ng Tagapagligtas. At habang lalo ninyong iniuugnay ang inyong sarili sa bukal ng liwanag at kapangyarihan, lalo, namang malaki ang liwanag na sisikat sa inyo, at lalong malaking kapangyarihan ang kakamtin ninyo upang makagawa para sa Diyos. Magalak nga kayo na kayo'y kaisa ng Diyos, kaisa ni Kristo, at kaisa ng sambahayan sa langit.

Habang nakikinig ang Pitumpu sa mga salita ni Kristo, ipinaliliwanag naman ng Espiritu Santo ang mga tunay na pangyayari, at isinusulat ang katotohanan sa mga pitak ng puso nila. Kahit na

marami ang nakapalibot sa kanila sila'y para ding nakukulong ng Diyos.

Sa pagkaalam na nahagip ng kanilang isip ang mga ibig Niyang sabihin, si Jesus ay "natuwa sa espiritu, at nagsabi, Nagpapasalamat Ako sa Iyo, Oh Ama, Panginoon ng langit at lupa, na Iyong inilihim ang mga ito sa mga pantas at matatalino, at Iyong inihayag sa mga sanggol: gayon nga, Ama; sapagka't siya Mong minagaling. Lahat ng bagay ay ibinigay sa Akin ng Aking Ama: at walang taong nakakikilala sa Anak, kundi ang Ama, at wala rin taong nakakikilala sa Ama, kundi ang Anak, at ang sinumang ibiging pagpahayagan Niya." [710]

Ang mararangal na tao ng sanlibutan, ang tinatawag na mga dakila at pantas, taglay ang ipinagmamalaki nilang karunungan, ay hindi makaunawa ng likas ni Kristo. Hinatulan nila Siya nang alinsunod sa nakikita nila sa labas, dahil sa napakaabang kalagayang dumating sa Kaniya sa pagiging-tao. Subali't sa mga mamamalakaya at mga maniningil ng buwis ay ipinakita ang Di-nakikita. Hindi rin naabot ng unawa, maging ng mga alagad, ang lahat ng ibig ni Jesus na ihayag sa kanila; datapwa't sa pana-panahon, nang ipasakop nila sa kapangyarihan ng Espiritu Santo ang kanilang mga sarili, ay naliwanagan ang kamlang mga pag-iisip. Napagtante nila na ang makapangyarihang Diyos, na nagbihis ng pagkatao, ay nasa gitna nila. Ikinagaiak ni Jesus na bagama't wala sa mga pantas at matatalino ang pagkakilalang ito, nahayag naman ito sa mababababang taong ito. Madalas na pagka naiharap na Niya ang mga Kasulatan ng Matandang Tipan, at naipakilala Niyang ang mga ito ay natutupad sa Kaniya at sa Kaniyang gawain ng pagtubos ay ginigising sila ng Kaniyang Espiritu, at itinataas sila sa isang kalagayang makalangit. Lalong malinaw ang pagkakilala nila sa mga katotonanang espirituwal na sinalita ng mga propeta kaysa mga orihinal na nagsisulat nito. Buhat noon pagka binasa nila ang mga talata ng Matandang Tipan ay hindi na ito tulad sa mga aral ng mga eskriba at mga Pariseo, hindi na tulad sa mga pahayag ng mga taong pantas na pawang mga patay na, kundi tulad sa isang bagong pahayag na buhat sa Diyos. Namasdan nila Siyang "hindi matanggap ng sanlibutan.. sapagka't hindi Siya nakikita nito, ni nakikilala man Siya: nguni't Siya'y nakikilala ninyo; sapagka't Siya'y tumatahan sa inyo, at sasainyo." Juan 14:17.

Ang natatanging paraan upang tayo'y magkaroon ng lalong ganap na pagkaunawa sa katotohanan ay ang pamalagiing malambot ang puso at supil ng Espiritu ni Kristo. Linisin ang kaluluwa
[711] sa mga bagay na walang-kabuluhan at kayabangan, at pawiin ang lahat ng dito'y nakapupuno, at si Kristo ang dapat paluklukin sa loob nito. Totoong natatakdaan ang karunungan ng tao kaysa hindi nito kayang unawain ang pagtubos. Napakalawak ang naaabot ng panukala ng pagtubos kaya hindi ito kayang ipaliwanag ng pilosopiya. Ito'y mamamalaging isang hiwaga na hindi matatarok ng kalalim-lalimang pagpapaliwanag. Ang siyensiya ng kaligtasan ay hindi maipaliwanag ng salita; subali't ito'y mapagkikilala sa pamamagitan ng karanasan. Siya lamang na kumikilala sa sarili niyang pagkamakasalanan ang makakakilala ng kahalagahan ng isang Tagapagligtas.

Puno ng mga aral ang turo ni Kristo samantalang Siya'y banayad na lumalakad buhat sa Galilea patungo sa Jerusalem. Sabik namang nakinig ang mga tao. Sa Perea at sa Galilea ang mga tao ay hindi gasinong supil ng kayabangan ng mga Hudyo na gaya sa Judea, at dito'y maluwag na tinanggap sa puso ng mga tao ang Kaniyang turo.

Sa nalolooban ng mga huling buwang ito ng Kaniyang ministeryo, ay binigkas ni Kristo ang marami sa Kaniyang mga talinhaga. Mahigpit na Siya'y sinubaybayan ng mga saserdote at mga rabi, at Kaniya namang ikinubli sa malarawang mga salita ang Kaniyang mga saway at babala sa kanila. Hindi nila mapagkakamalan ang kahulugan ng mga sinasabi Niya, nguni't wala naman silang masumpungang salita Niya na magagamit nilang dahilan upang Siya'y paratangan. Sa talinhagang tungkol sa Pariseo at maniningil ng buwis, ang may-kapalaluang panalanging, "Diyos, ako'y nagpapasalamat sa Iyo na ako'y di-gaya ng ibang mga tao," ay ibang-iba sa daing ng makasalanang, "Maawa Ka sa akin na makasalanan." Lukas 18:11, 13, R.V. Sa ganito sinaway ni Kristo ang pagpapaimbabaw ng mga Hudyo. At sa mga talinhaga ng puno ng igos at ng malaking piging na hapunan, ay sinabi Niya nang pauna ang kapa-
[712] hamakang malapit nang bumagsak sa bansang di-nagsisisi. Yaong mga buong pagkutyang tumanggi sa paanyaya sa piging na pangebanghelyo ay nakarinig ng Kaniyang babala: "Sinasabi Ko sa inyo, Na alinman sa mga taong inanyayahan ay hindi makakatikim ng Aking hapunan." Lukas 14:24.

Napakamahahalaga ang mga aral na ibinigay sa mga alagad. Ang talinhaga tungkol sa mapanggiyagis na babaing balo at ang kaibigang humihingi ng tinapay sa oras ng hatinggabi, ay nagdagdag ng bagong lakas sa mga salita Niyang, "Kayo'y magsihingi, at kayo'y bibigyan; kayo'y magsihanap, at kayo'y mangakakasumpong; kayo'y magsituktok, at kayo'y bubuksan." Lukas 11:9 At malimit ay napatibay ang mabuway nilang pananampalataya sa tuwing maalaala nila ang sinabi ni Kristong, "Hindi kaya ipaghihiganti ng Diyos ang Kaniyang mga hinirang, na dumaraing sa Kaniya araw at gabi, at Siya'y mapagpahinuhod sa kanila? Sinasabi Ko sa inyo, na ipaghihiganti Niya silang madali." Lukas 18:7, 8, R.V.

Ang magandang talinhaga ng tupang nawala ay inulit ni Kristo. At dinagdagan pa Niya ang aral, nang sabihin Niya ang mga talinhaga ng nawalang putol na salapi at ng alibughang anak. Noon ay hindi pa lubos na napagkikilala ng mga alagad ang bisa ng mga aral na ito; nguni't nang maibuhos na ang Espiritu Santo, nang matanaw na nila ang nahikayat na mga Hentil at ang naiinggit na pagkagalit ng mga Hudyo, ay saka nila lalong naunawaan ang aral ng anak na alibugha, at nalasap ang ligaya ng mga salita ni Kristo na, "Karapat-dapat na tayo'y magsaya at magkatuwa;" "sapagka't ang aking anak na ito ay patay na, at muling nabuhay; siya'y nawala, at muling nasumpungan." Lukas 15:32, 24. At nang magsihayo na sila sa pangalan ng kanilang Panginoon, na hinaharap ang kakutyaan at karalitaan at pag-uusig, ay madalas na pinatatapang nila ang kanilang loob sa pamamagitan ng pag-ulit sa Kaniyang bilin, na sinalita sa huling paglalakbay na ito, "Huwag kayong mangatakot, [713]
munting kawan; sapagka't nakalulugod na mainam sa inyong Ama na sa inyo'y ibigay ang kaharian. Ipagbili ninyo ang inyong mga tinatangkilik, at kayo'y mangaglimos; maglaan kayo ng mga supot na hindi naluluma, ng isang kayamanan sa langit na hindi nagkukulang, na doo'y hindi lumalapit ang magnanakaw, ni sumisira man ang tanga. Sapagka't kung saan naroon ang inyong kayamanan, doon naman doroon ang inyong puso." Lukas 12:32-34. [714]

[715]

## Kabanata 54—Ang Mabuting Samaritano

Ang kabanatang ito ay batay sa Lukas 10:25-37.

Sa kasaysayan ng mabuting Samaritano, ay iginuhit ni Kristo ang likas ng tunay na relihiyon. Ipinakilala Niyang ito'y hindi binubuo ng mga pamamaraan, mga kredo, mga rito o seremonya, kundi ng pagganap ng mga gawang kaibig-ibig, at ng paghahatid ng pinakamalaking kagalingan sa mga iba, sa tunay na kabutihan.

Samantalang nagtuturo si Kristo sa mga tao, "isang manananggol ang tumindig at tinukso Siya, na nagsabi, Panginoon, ano ang dapat kong gawin upang ako'y magmana ng buhay na walang-hanggan?" Halos di-humihinga ang malaking kalipunan sa paghihintay ng isasagot. Binalak ng mga saserdote at mga rabi na siluin si Kristo sa pagpapatanong sa manananggol ng tanong na ito. Nguni't hindi pumasok ang Tagapagligtas sa anumang pakikipagtalo. Ang pinasagot Niya ay ang nagtatanong na rin. "Ano ang nasusulat sa kautusan?" wika Niya; "ano ang nababasa mo?" May paratang ang mga Hudyo na niwawalang galang ni Jesus ang kautusang ibinigay sa Sinai; subali't ibinaling Niya ang suliranin ng kaligtasan sa pagtalima sa mga utos ng Diyos.

Sinabi ng manananggol, "Iibigin mo ang Panginoon mong Diyos nang buong puso mo at nang buong kaluluwa mo, at nang buong
[716] lakas mo, at nang buong pag-iisip mo; at ang iyong kapwa na gaya ng iyong sarili." Sinabi ni Jesus, "Matwid ang sagot mo: gawin mo ito, at ikaw ay mabubuhay."

Ang manananggol ay hindi nasisiyahan sa paninindigan at mga gawain ng mga Pariseo. Pinag-aralan niya ang mga Kasulatan sa hangad na matutuhan ang tunay na kahulugan. Napakalaki ng kaniyang interes sa bagay na ito, at kaya nga itinanong niya nang may buong katapatan ang, "Ano ang dapat kong gawin?" Sa ibinigay niyang sagot tungkol sa mga hinihingi ng kautusan, ay iniwan niya ang lahat ng mga tagubilin ng sari-saring seremonya at rito. Itinuring niyang walang halaga ang mga ito, nguni't iniharap niya ang

dalawang malalaking simulaing kinabibitinan ng buong kautusan at ng mga propeta. Ang sagot na ito ay pinuri ni Kristo, at nagbigay sa Tagapagligtas ng kalamangan sa mga rabi. Hindi nila mahahatulan Siya sa pagsang-ayon Niya sa sinabi ng tagapagpaliwanag ng kautusan.

"Gawin mo ito at ikaw ay mabubuhay," wika ni Jesus. Kaniyang ipinakilala na ang kautusan ay isang banal na kabuuan, at dito'y itinuro ang aral na hindi mangyayaring ganapin ang isang utos at saka labagin ang ikalawa; sapagka't iisang simulain ang nananalaytay sa lahat nang ito. Ang kapalaran ng tao ay papasiyahan ng kaniyang pagtalima sa buong kautusan. Sukdulang pagibig sa Diyos at walang-kiling na pag-ibig sa tao ang mga simulaing dapat isakabuhayan.

Napagkilala ng manananggol na siya'y isang manlalabag ng kautusan. Nakilala niya ang kaniyang kasalanan sa ilalim ng nananaliksik na mga salita ni Kristo. Ang pagiging-matwid ng kautusan, na inaangkin niyang kaniyang nauunawaan, ay hindi niya isinagawa. Hindi siya nagpakita ng pag-ibig sa kaniyang kapwa. Hinihingi sa kaniya ang magsisi subali't sa halip na magsisi, ay sinikap niyang bigyang-katwiran ang kaniyang ginawa. Sa halip na kilalanin ang katotohanan, sinikap niyang ipakilala na mahirap sundin ang kautu- [717]
san. Sa ganito inasahan niyang maiiwasan ang sumbat ng kasalanan at mabibigyang-matwid ang kaniyang sarili sa harap ng mga tao. Ang mga pangungusap ng Tagapagligtas ay nagpakilalang kalabisan na ang tanong ng manananggol, yamang siya na rin ang nakasagot sa kaniyang katanungan. Gayunma'y nagtanong pa siya uli na sinasabi, "Sino ang aking kapwa?"

Sa mga Hudyo ang tanong na ito ay pasimuno ng walang-katapusang pagtatalo. Wala silang alinlangan tungkol sa mga pagano at mga Samaritano; ang mga ito ay mga tagaibang-lupa at mga kaaway. Nguni't saan makikilala ang pagkakaiba sa kanilang mga kalahi, at sa mga iba't-ibang uri ng lipunan? Sino ang ituturing ng saserdote, ng rabi, at ng matanda, na kaniyang kapwa? Ang kanilang buhay ay ginugugol nila sa paulit-ulit na mga seremonya upang sila'y maging malilinis. Ang pakikipag-ugnay at pakikisalamuha sa mga di-nakaaalam at walang-ingat na karamihan, ay itinuro nilang magiging dahil ng karamihan na mangangailangan ng nakapapagod

na pagsisikap upang mapawi. Ituturing ba nilang mga kapwa ang "marurumi"?

Muling tumanggi si Jesus na mahila sa pakikipagtalo. Hindi Niya tinuligsa ang kayabangan ng mga nagbabantay sa Kaniya upang hatulan Siya. Kundi sa pamamagitan ng isang simpleng istorya ay inilarawan Niya sa mga nakikinig sa kaniya ang pagdaloy ng pag-ibig na buhat sa langit, na kumilos sa puso ng lahat, at pumilit sa manananggol na aminin ang katotohanan.

Ang paraan upang maitaboy ang kadiliman ay papasukin ang liwanag. Ang pinakamabuting paraan ng pakikitungo sa kamalian ay iharap ang katotohanan. Ang pagkakahayag ng pag-ibig ng Diyos ay nagpapalitaw ng kapintasan at kasalanan ng pusong makasarili.

"May isang tao," ani Jesus, "na lumulusong sa Jerico buhat
[718] sa Jerusalem; at siya'y nahulog sa kamay ng mga tulisan, na sa kaniya'y sumamsam at sa kaniya'y humampas, at siya'y iniwang halos patay na. At nagkataong bumababa sa daang yaon ang isang saserdote: at nang makita nito siya, ay nagdaan sa kabilang tabi. At sa gayunding paraan ang isang Levita naman, nang dumating ito sa dakong yaon, at nakita siya, ay dumaan sa kabilang tabi." Lukas 10:30-32, R.V. Ito'y hindi kathakatha kundi isang tunay na pangyayari. Ang saserdote at ang Levitang lumampas sa kabilang panig ng daan ay kapwa nasa pulutong na nakikinig sa mga salita ni Kristo.

Sa paglalakbay na buhat sa Jerusalem hanggang sa Jerieo, ang isang tao ay kailangang dumaan sa ilang na pook ng Judea. Ang daan ay lumalagos sa isang magubat at mabatong bangin, na pinamumugaran ng mga tulisan, at malimit maging tagpo ng karahasan. Dito pi naslang ang naglalakbay, sinamsam ang lahat na mahahalagang dala, sinugatan at binugbog, at iniwang halos patay sa isang tabi. Sa gayong pagkakahandusay niya, ay dumating ang saserdote; nguni't sinulyapan lamang nito ang sugatan. Sumunod na dumating ang Levita. Ibig nitong maalaman ang nangyari, kaya ito'y tumigil at tiningnan ang sugatan. Batid niya kung ano ang marapat niyang gawin; subali't hindi iyon lsang nakalulugod na gawain sa kaniya. Nahangad niyang sana'y hindi na siya doon nakadaan, upang hindi na sana nakita ang nasalanta. Pinapaniwala niya ang kaniyang sarili na hindi siya ang may tungkuling mag-asikaso niyon.

Ang dalawang ito ay kapwa nasa banal na tungkulin, at nagpapanggap na sila'y tagapagpaliwanag ng mga Kasulatan. Kabilang sila sa lahing tanging pinili upang maging mga kinatawan ng Diyos sa mga tao. Sila'y dapat "magkaroon ng habag sa mga di-nakaaalam, at sa mga nalilihis ng daan" (Hebreo 5:2), upang maipaunawa nila sa mga tao ang malaking pag-ibig ng Diyos sa sangkatauhan. Ang gawaing itinawag sa kanila na gawin nila ay katulad din ng sinabi ni [719] Jesus na Kaniyang gawain, nang sabihin Niyang, "Ang Espiritu ng Panginoon ay sumasa Akin, sapagka't pinahiran Niya Ako ng langis upang ipangaral ang ebanghelyo sa mga dukha; isinugo Niya Ako upang magpagaling ng mga may bagbag na puso, upang ipangaral ang kalayaan sa mga bihag, at isauli ang paningin ng mga bulag, at bigyan ng kalayaan ang nangaaapi." Lukas 4:18.

Minamasdan ng mga anghel ng langit ang kapighatian ng sambahayan ng Diyos sa lupa, at gayak silang makipagtulungan sa mga tao upang malunasan ang paniniil at paghihirap. Itinalaga ng Diyos na ang saserdote at Levita ay magdaan sa kinahahandusayan ng sinalanta, upang makita nila na kailangan nito ang kanilang awa at tulong. Ang buong kalangitan ay nakatingin upang makita kung mababagbag ang puso mla sa kapighatian ng tao. Ang Tagapagligtas ay siyang nagturo sa mga Hebreo sa ilang; mula sa haliging ulap at haliging apoy ay Kaniyang tinuruan sila ng aral na ibang-iba kaysa tinatanggap ngayon ng mga tao buhat sa kanilang mga saserdote at mga guro. Ang may-kahabagang mga itinatadhana ng kautusan ay umabot hanggang sa mababababang uri ng mga hayop na hindi nakapagpapahayag ng kanilang ibig at ng kanilang damdamin. May mga tagubiling iniwan kay Moises para sa mga anak ni Israel na ganito: "Kung masumpungan mo ang baka ng iyong kaalit o kaniyang asno na nakawala ay tunay na ibabalik mo sa kaniya. Kung iyong makita ang asno ng napopoot sa iyo, na nakalugmok sa ilalim ng kaniyang pasan, at ayaw mo mang alisan ng pasan ay walang pagsalang iyong tutulungan pati ng may-ari niyaon." Exodo 23:4, 5. Nguni't sa taong sinugatan ng mga tulisan, ay ipinakilala ni Jesus na ito'y isang kapatid na nasa paghihirap. Ga ano nga lalong dapat sana'y mahabag ang kanilang puso sa taong iyon kaysa isang hamak na hayop! Ang pasabing ibinigay sa kanila sa pamamagitan ni Moises na ang Panginoon nilang Diyos, na "isang dakilang Diyos, [720] makapangyarihan at kakila-kilabot," "ay nagsasagawa ng kahatulan

sa ulila at babaing bao, at iniibig ang tagaibang-lupa." Kaya nga ipinag-utos Niya, "Ibigin nga ninyo ang taga-ibang lupa." "Iibigin mo siyang gaya ng iyong sarili." Deuteronomio 10:17-19; Levitico 19:34.

Sinabi naman ni Job, "Ang tagaibang-lupa ay hindi tumahan sa lansangan: kundi binuksan ko ang aking mga pintuan sa manlalakbay." At nang ang dalawang anghel na nag-anyong tao ay dumating sa Sodoma, ay nagpatirapa si Lot sa lupa, at nagsabi, "Narito ngayon, mga panginoon ko, magsituloy kayo ipinamamanhik ko sa inyo, sa bahay ng inyong lingkod, at magsitigil kayo buong gabi." Job 31:32; Genesis 19:2. Batid ng saserdote at ng Levita ang mga turong ito, nguni't hindi nila isinagawa. Palibhasa'y nasanay sila sa pambansang kayabangang ukol sa mahigpit nilang paniniwalang panrelihiyon, sila'y naging makasarili, makitid ang isip, at waiang malasakit sa iba. Nang tingnan nila ang taong sugatan, hindi nila masabi kung ito ay kalahi nila o hindi. Ipinalagay nilang baka ito'y isa sa mga Samaritano, kaya sila'y pumihit at umalis.

Sa kanilang inasal, sang-ayon sa pagkakasalaysay ni Kristo, walang nakita ang manananggol na laban sa itinuro sa kaniya tungkol sa ibinibilin ng kautusan. Nguni't narito ngayon ang kasunod na tanawin:

Isang Samaritanong naglalakbay ang dumating sa kinahahandusayan ng sugatan, at nang makita niya siya ay nagdalang-habag sa kaniya. Hindi na siya nagtanong kung ang taong ito ay Hudyo o Hentil. Kung ito'y Hudyo, batid na mabuti ng Samaritano na, kung magkakapalit sila ng lugar, ay duduraan siya sa mukha ng taong ito. at siya'y lalampasan at pandidirihan. Gayunma'y hindi siya nag-atubili nang dahil dito. Hindi na rin niya inisip na baka siya ay mapasapanganib din sa pagtigil sa dakong iyon. Sa ganang kaniya
[721] ay sapat nang naroon sa harap niya ang isang taong nangangailangan at sugatan. Hinubad niya ang sarili niyang balabal at ibinalot sa tao. Ang langis at alak na itinaan niya sa kaniya sa paglalakbay ay ipinahid niya sa mga sugat at pasa ng taong sugatan. Binuhat niya ito at isinakay sa kaniyang asno, at marahang pinalakad ang hayop, upang hindi matigtig at hindi maragdagan ang sakit ng taong may sugat. Dinala niya ito sa isang bahay-tuluyan, inalagaan sa buong magdamag, at binantayang may pagmamahal. Sa kinaumagahan, palibhasa'y nakaramdam na ng ginhawa ang maysakit, ang

Samaritano ay gumayak nang lumakad. Datapwa't bago siya umalis, pinaalagaan niya ito sa may-ari ng bahay-tuluyan, binayaran ang lahat ng gugol, at nag-iwan pa ng salaping panlaan; at hindi pa rin nasisiyahan dito, siya'y nagbilin sa may-ari para sa anumang kakailanganin pa, na sinasabi, "Alagaan mo siya; at kung magkano man ang magasta mong labis, ay babayaran ko sa iyo pagbalik ko."

Matapos ang salaysay, tinitigan ni Jesus ang manananggol ng tinging parang nababasa ang kaniyang kaluluwa, at nagsabi, "Sino sa tatlong ito, sa akala mo, ang nagpakilalang kapwa-tao ng nahulog sa kamay ng mga tulisan?" Lukas 10:36, R.V.

Hanggang ngayon ay ayaw pang bigkasin ng manananggol ang pangalang Samaritano, at siya'y sumagot, "Siya na nagpakita ng kaawaan sa kaniya." Sinabi ni Jesus, "Yumaon ka, at gayundin ang iyong gawin."

Kaya't ang tanong na, "Sino ang aking kapwa?" ay nasagot na magpakailanman. Ipinakilala ni Kristo na ang ating kapwa ay hindi lamang ang isa na kasama natin sa iglesya o pananampalataya. Ito'y walang kinalaman sa lahi, kulay, o uri ng samahan. Ang ating kapwa ay ang bawa't taong nangangailangan ng ating tulong. Ang ating kapwa ay ang bawa't kaluluwang sinugatan at binugbog ng kaaway. Ang ating kapwa ay ang bawa't isang pag-aari ng Diyos. [722]

Sa kasaysayan ng mabuting Samaritano, ay nagbigay si Jesus ng Kaniyang sariling larawan at ng larawan ng Kaniyang misyon. Ang tao ay dinaya, binugbog, ninakawan, at ipinahamak ni Satanas, at iniwan upang mamatay; nguni't naawa ang Tagapagligtas sa ating kahabag-habag na kalagayan. Iniwan Niya ang Kaniyang kaluwalhatian upang tayo'y saklolohan. Natagpuan Niya tayong mamamatay na lamang, at inasikaso Niya ang ating kalagayan. Pinagaling Niya ang ating mga sugat. Tinakpan Niya tayo ng Kaniyang balabal ng katwiran. Binuksan Niya sa atin ang isang kanlungan ng kaligtasan, at naglaan ng lahat nating kailangan sa Kaniyang sariling gugol. Siya'y namatay upang tubusin tayo. Itinuturo ang Kaniyang sariling halimbawa, sinasabi Niya sa mga sumusunod sa Kaniya, "Ang mga bagay na ito ay iniuutos ko sa inyo, na leayo'y mangag-ibigan sa isa't isa." "Kung paanong inibig Ko kayo, mag-ibigan din naman kayo sa isa't isa." Juan 15:17; 13:34.

Ang naging tanong ng manananggol kay Jesus ay, "Ano ang dapat kong gawin?" at sa pagkakilala ni Jesus na ang pag-ibig sa

Diyos at sa tao ay siyang kabuuan ng katwiran, ay sinabi Niya, "Gawin mo ito, at ikaw ay mabubuhay." Tinalima ng Samaritano ang mga udyok ng maawain at maibiging puso, at ito ay nagpatunay na siya'y isang tagatupad ng kautusan. Inatasan ni Kristo ang manananggol, "Yumaon ka, at gayundin ang iyong gawin." Pagtupad, at hindi pagsasalita lamang, ang inaasahan ng Diyos sa Kaniyang mga anak. "Ang nagsasabing nananahan sa Kaniya ay dapat din namang lumakad, na gaya ng inilakad Niy'a." 1 Juan 2:6.

Ang aral ay kailangan ngayon tulad nang ito'y unang mamutawi sa mga labi ni Jesus. Ang kasakiman at malamig na anyong pakitangtao ay siyang pumapatay sa apoy ng pag-ibig, at nag-aalis ng mga biyayang dapat magpabango sa likas. Marami sa mga nagpapanggap
[723] na Kristiyano ay nakalilimot sa katotohanan na ang mga Kristiyano ay dapat maging kinatawan ni Kristo. Malibang makita sa kabuhayan ang pagpapakasakit na mapabuti ang mga iba, sa loob ng pamilya, sa mga kapitbahay, sa loob ng iglesya, at saanman tayo naroroon, kung gayo'y anuman nga ang ating sabihin ay hindi tayo mga Kristiyano.

Ikinawing ni Kristo ang Kaniyang buhay sa buhay ng sangkatauhan, at hinihingi Niyang tayo'y makiisa sa Kaniya sa pagliligtas ng mga tao. "Tinanggap ninyong walang-bayad," wika Niya, "ipamahagi ninyong walangbayad." Mateo 10:8. Ang kasalanan ay siyang pinakadakila sa lahat ng kasamaan, at tungkuiin natin ang maawa at tumulong sa makasalanan. Marami ang nangasisinsay, at nangahihiya sa kanilang pagkakamali. Gutom sila sa mga salitang nagpapalakas ng loob. Minamasdan nila ang kanilang mga pagkukulang at mga pagkakamali hanggang sa sila'y mawalan ng pag-asa. Ang mga kaluluwang ito ay hindi natin dapat pabayaan. Kung tayo'y mga Kristiyano, ay hindi tayo lalampas na daraan sa kabilang panig ng daan, na lumalayo hangga't maaari sa mga taong lalong nangangailangan ng ating tulong. Kapag nakakita tayo ng mga taong nasa paghihirap, maging ito'y dahil sa pagkakasakit o dahil sa pagkakasala, ay hindi natin kailanman sasabihing, Wala akong pakialam diyan.

"Kayong mga sa espiritu, inyong papanumbalikin ang gayon sa espiritu ng kaamuan." Galacia 6:1. Sa pamamagitan ng pananampalataya at pananalangin, ay ipagtulakan ninyo ang kapangyarihan ng kaaway. Magsalita kayo ng mga salita ng pananampalataya at ng pampalakas ng loob na magiging parang balsamong pampagal-

ing sa isang nabugbog at nasugatan. Maraming-marami na ang nanlumo at nanlupaypay sa malaking labanan ng buhay, gayong ang isang masayang salita ng kagandahang-loob ay nakapagpalakas sana sa kanila upang sila'y managumpay. Huwag natin kailanmang lalampasan ang kahit isang nagdurusang kaluluwa nang di pinag- [724]
sisikapang ibigay sa kaniya ang pang-aliw na inialiw naman sa atin ng Diyos.

Ang lahat nang ito ay isang pagtupad sa simulain ng kautusan—ang simulaing inilarawan sa kasaysayan ng mabuting Samaritano, at inihayag naman sa kabuhayan ni Jesus. Ang likas Niya ay naghahayag ng tunay na kahulugan ng kautusan, at nagpapakilala ng kahulugan ng pag-ibig sa ating kapwa na gaya ng sa ating sarili. At kapag ang mga anak ng Diyos ay nagpapakita ng pagkaawa, kagandahang-loob, at pag-ibig sa lahat ng mga tao, pinatutunayan din naman nila ang likas ng mga kautusan ng langit. Pinatutunayan nila ang katotohanan na "ang kautusan ng Panginoon ay sakdal, na nagsasauli ng kaluluwa." Awit 19:7. At sinumang hindi naghahayag ng pag-ibig na ito ay lumalabag sa kautusang sinasabi niyang kaniyang iginagalang. Sapagka't ang diwang ipinakikita natin sa ating mga kapatid ay nagpapahayag ng ating diwa sa Diyos. Ang pag-ibig ng Diyos na nasa puso ay siyang bukal ng pag-ibig sa ating kapwa. "Kung sinasabi ng sinuman, Ako'y umiibig sa Diyos, at napopoot sa kaniyang kapatid, ay siya'y sinungaling: sapagka't ang hindi umiibig sa kaniyang kapatid na kaniyang nakikita, ay paanong makaiibig siya sa Diyos na hindi niya nakita?" Mga minamahal, "kung nag-iibigan tayo sa isa't isa ay nananahan sa atin ang Diyos, at ang Kaniyang pagibig ay nagieing sakdal sa atin." 1 Juan 4:20.
12. [725]

## Kabanata 55—Hindi sa Panlabas na Pagpapakita

Ang kabanatang ito ay batay sa Lukas 17:20-22.

Lumapit kay Jesus ang ilan sa mga Pariseo na naguusisa kung "kailan darating ang kaharian ng Diyos." Mahigit nang tatlong taon ang nakalilipas buhat nang ang pabalita ay ibigay ni Juan Bautista sa buong lupain na tulad sa malakas na tunog ng pakakak, "Ang kaharian ng langit ay malapit na." Mateo 3:2. At gayon pa man ang mga Pariseong ito ay wala pa ring nakikitang tanda na matatatag na ang kaharian. Marami sa mga di-tumanggap kay Juan, at sumalansang naman kay Jesus, ay nagsipagpahayag na bigo ang misyon Niya.

Sumagot si Jesus, "Ang kaharian ng Diyos ay darating na hindi mapagkikita; ni hindi man nila sasabihin, Narito na! o, naroon! sapagka't, narito, ang kaharian ng Diyos ay nasa kalooban ninyo." Ang kaharian ng Diyos ay nagsisimula sa loob ng puso. Huwag ninyong abangan dito o doon ang mga pagpapakita ng kapangyarihang makalupa na tanda ng pagdating nito.

"Darating ang mga araw," wika Niya sa Kaniyang mga alagad, "na inyong iibiging makita ang isa sa mga araw ng Anak ng tao, at hindi ninyo makikita." Dahil sa ito'y walang kasamang gara o ringal na pansanlibutan, may panganib na hindi ninyo mapagkilala ang
[726] kaluwalhatian ng Aking misyon. Hindi ninyo napagkikilala kung gaano kalaki ang inyong karapatan, na sa gitna ninyo ay tumatahan ang Isa, na bagama't nasa anyongtao, ay Siya ang buhay at ilaw ng mga tao. Darating ang mga araw na inyong nanasaing may pananabik ang mga pagkakataong tinatamasa ninyo ngayon na kayo'y lumalakad at nakikipag-usap sa Anak ng Diyos.

Dahil sa kanilang pagiging-makasarili at pagiging-makalupa, ang mga alagad man ni Jesus ay hindi makaunawa ng kaluwalhatiang espirituwal na hangad Niyang ihayag sa kanila. Nang makaakyat na lamang si Kristo sa Kaniyang Ama, at maibuhos na ang Banal na Espiritu sa mga sumasampalataya, saka pa lamang lubos na napagkilala ng mga alagad ang likas at misyon ng Tagapagligtas.

Nang matanggap na nila ang bautismo ng Espiritu, ay doon pa lamang nila naintindihan na sila ay napasa harapan ng Panginoon ng kaluwalhatian. Nang mapagalaala nila ang mga sinabi ni Kristo, ay nabuksan ang kanilang mga isip at napag-uunawa nila ang mga hula at ang mga kababalaghang ginawa Niya. Dumaan sa harap nila ang mahihiwagang bagay ng Kaniyang buhay, at ang katulad nila'y mga taong naalimpungatan sa panaginip. Noon nila napagtanto na "ang Verbo ay nagkatawang-tao at tumahan sa gitna natin (at nakita namin ang Kaniyang kaluwalhatian, kaluwalhatiang gaya ng sa bugtong na Anak ng Ama,) na puspos ng biyaya at katotohanan." Juan 1:14. Si Kristo ay aktuwal na nagbuhat sa Diyos at naparito sa isang sanlibutang salarin upang iligtas ang mga nagkasalang Anak ni Adan. Para bagang ngayon ay lalo silang mga walang kabuluhan kaysa noong dating hindi nila napagtatanto ang bagay na ito. Hindi na sila napagud-pagod sa kauulit ng Kaniyang mga salita at mga gawa. Ang mga aral na itinuro sa kanila, na malabong-malabo sa kanilang pang-unawa, ay naging parang mga bagong turo ngayon. Naging parang isang bagong aklat sa kanila ang Mga Kasulatan. [727]

Nang saliksikin ng mga alagad ang mga hulang nagpapatunay kay Kristo, napaugnay sila sa Diyos, at napagkilala nila Iyong umakyat sa langit upang tapusin ang gawaing sinimulan Niya sa lupa. Napagkilala nilang totoo, na sa Kaniya'y tumahan ang kaalamang hindi kayang unawain ng sinumang tao, kung hindi tutulungan ng Diyos. Kinailangan nila ang tulong ng lsang ipinagpaunang-sinabi ng mga hari, mga propeta at mga banal na tao. May pagkakamang-hang muli at muling binasa nila ang mga isinasalaysay ng mga hula tungkol sa Kaniyang likas at gawain. Kaylabo ng kanilang pagkaintindi sa mga salita ng hula! Kaybagal nilang umunawa at tumanggap sa mga dakilang katotohanang nagpatunay kay Kristo! Nang tanawin nila Siya sa Kaniyang pagpapakababa, nang Siya'y lumakad na tulad sa tao sa gitna ng mga tao, hindi naabot ng kanilang unawa ang hiwaga ng Kaniyang pagkakatawang-tao, ang dalawang uri ng Kaniyang likas. Para silang namalikmata, anupa't hindi nila lubos na napagkilalang ang Diyos ay tumatahan sa tao. Nguni't pagkatapos na sila'y matanglawan ng Banal na Espiritu, kaylaki ng kanilang pananabik na sana'y makita Siya uli, at makapaglumagak sila sa Kaniyang paanan! Sabik silang sana'y muli silang makalapit sa Kaniya, at Siya'y papagpaliwanagin ng mga kasulatang hindi nila

kayang unawain! Disin sana'y makikinig na sila sa Kaniyang mga salita. Ano kaya ang ibig sabihin ni Kristo nang salitain Niyang, "Marami pa Akong sasabihin sa inyo, nguni't hindi pa ninyo kaya ngayon"? Juan 16:12. Ngayon ay pinananabikan nilang iyon ay maalamang lahat! Ikinalungkot nila na napakahina ng kanilang pananampalataya, na napakalayo ng kanilang iniisip, na anupa't hindi nila naintindihan ang buong katotohanan.

Isang tagapagtanyag ang inutusan ng Diyos upang ibalita ang
[728] pagdating ng Kritso, at upang tawagan ang pansin ng bansang Hudyo at ng sanlibutan sa misyon Niya, at nangh sila'y mahanda na tanggapin Siya. Ang kahanga-hangang personang ibinalita ni Juan ay kasama-sama na nilang mahigit na tatlumpung taon, at gayunman ay hindi pa nila nakikilalang Siya ang ipinadala ng Diyos. Paghihimutok ang naghari sa mga alagad dahil sa tinulutan nilang malebadurahan ang kanilang mga kuro-kuro at mapalabo ang kanilang mga isip ng malaganap na dipaniniwala. Ang Ilaw ng madilim na sanlibutang ito ay nagliliwanag na sa gitna ng kadiliman nito, at hindi pa rin nila mapagtanto kung saan naroroon ang mga sinag nito. Sinisi nila ang kanilang mga sarili kung bakit ginawa nila ang gayon na kinailangan tuloy na suwatan sila ni Jesus. Malimit na ulit-ulitin nila ang Kaniyang mga pakikipag-usap, at saka nila idinurugtong, Bakit ba natin binayaang ang mga bagay na makalupa at ang mga pagsalansang ng mga saserdote at ng mga rabi ay makalito sa ating mga pag-iisip, na anupa't hindi natin nahalatang Isang dakila kaysa kay Moises ang nasa gitna na tin, at Isang marunong kaysa kay Salomon ang nagtuturo sa atin? Kayhina ng ating mga pakinig! Kayhina ng ating pang-unawa!

Si Tomas ay hindi naniwala hanggang hindi nito naidaiti ang kaniyang daliri sa sugat na ginawa ng mga kawal na Romano. Ikinaila Siya ni Pedro noong Siya'y hinahamak at itinatakwil. Ang mahahapding alalahaning ito ay biglang-biglang nanariwa sa kanila. Nakasama nila Siya, nguni't hindi nila nakilala o pinahalagahan man Siya. Nguni't ngayong nakilala nila ang kanilang di-paniniwala ay gayon na lamang ang paghihimutok ng kanilang loob!

Dahil sa sila'y pinagtulung-tulungan ng mga saserdote at mga pinuno, at sila'y dinala sa mga hukuman at ipinasok sa mga bilangguan, ang mga alagad ni Kristo ay nangagagalak na "sila'y
[729] nangabilang na karapat-dapat mangagtiis ng kaalimurahan dahil sa

Kaniyang pangalan." Mga Gawa 5:41. Ikinagalak nilang patunayan, sa harap ng mga tao at ng mga anghel, na kinilala nila ang kaluwalhatian ni Kristo, at pinili nilang sumunod sa Kaniya kahit na mawala ang lahat ng bagay.

Ang totoo noong panahon ng mga apostol ay totoo rin ngayon, na kung hindi tatanglawan -ng Banal na Espiritu, ay hindi mapagkikilala ng tao ang kaluwalhatian ni Kristo. Ang katotohanan at gawain ng Diyos ay hindi pinahahalagahan ng Kristiyanismong maibigin sa sanlibutan. Hindi sa mga paraang maginhawa, sa karangalang makalupa o sa pakikipagkasundo sa sanlibutan, masusumpungan ang mga alagad ng Panginoon. Siya'y nagpapatuloy pa sa mga landas ng paggawa, pagkadusta, pagpapakumbaba, at pagkahamak, sa unahan ng labanan "laban sa mga pamunuan, laban sa mga kapangyarihan, laban sa mga namumuno ng kadilimang ito sa sanlibutan, laban sa mga ukol sa espiritu ng kasamaan sa mga dakong kaitaasan." Efeso 6:12, R.V. At ngayon, gaya noong panahon ni Kristo, sila'y di-naunawaan, hinahamak at sinisiil ng mga saserdote at mga Pariseo ng kanilang panahon.

Ang kaharian ng Diyos ay hindi dumarating na may kapangyarihan. Ang ebanghelyo ng biyaya ng Diyos, tag lay ang diwa ng pagkakait-sa-sarili, ay di-kailanman mangyayaring maging kaayon ng diwa ng sanlibutan. Magkalaban ang dalawang simulaing ito. "Ang taong ayon sa laman ay hindi tumatanggap ng mga bagay ng Espiritu ng Diyos: sapagka't ang mga ito ay kamangmangan sa kaniya: at hindi nauunawa, sapagka't ang mga yaon ay sinisiyasat ayon sa espiritu." 1 Corinto 2:14.

Nguni't sa larangan ng relihiyon sa panahong ito ay marami ang naniniwala at nagsisigawa sa ikatatatag ng kaharian ni Kristo sa lupa bilang isang kahariang pansanlibutan. Hangad nilang gawin ang ating Panginoon na hari ng mga kaharian ng sanlibutang ito, pinuno [730]
ng mga hukuman at kampo nito, ng mga bulwagan ng batasan nito, ng mga palasyo at mga pamilihan nito. Hangad nilang Siya ang maghari sa pamamagitan ng mga batas na gawa ng tao, na ipinatutupad sa pamamagitan ng kapangyarihan ng tao. At sapagka't wala na rito ngayon si Kristo sa persona Niya, ay sila na rin ang mamumuno sa lugar Niya, upang maipatupad nila ang mga batas ng Kaniyang kaharian. Ang pagtatayo ng gayong kaharian ay siyang minimithi ng mga Hudyo nang panahon ni Kristo. Tinanggap sana nila si

Jesus, kung pumayag lamang Siyang magtayo ng isang kahariang pansanlibutan, upang maipasunod ang kinikilala nilang mga utos ng Diyos, at upang sila'y gawing mga tagapagpaliwanag ng Kaniyang kalooban at mga kasangkapan ng Kaniyang kapangyarihan. Subali't sinabi Niya, "Ang Aking kaharian ay hindi sa sanlibutang ito." Juan 18:36. Ayaw Niyang tanggapin ang luklukang hari sa lupa.

Ang pamahalaang kinabuhayan ni Jesus ay masama at mapaniil; sa lahat ng dako ay labis-labis ang ginagawang mga katampalasanan—pangingikil, paghahari-harian, at walang-awang kalupitan. Gayunman ang Tagapagligtas ay walang ginawang mga reporma o pagbabagong sibil. Wala Siyang tinuligsang mga abusong pambansa, ni nilait mang mga kaaway ng bansa. Hindi Niya pinakialaman ang pamamahala o pangangasiwa ng mga nasa kapangyarihan. Siya na ating halimbawa ay namalaging di-nakialam sa mga pamahalaan sa lupa. Ito'y hindi sa dahilang Siya ay walang asikaso sa mga hirap na binabata ng mga tao, kundi sapagka't ang lunas ay wala sa mga hakbanging pantao at panlabas lamang. Upang maging mabisa ang lunas, kailangan ay maabot ang bawa't isang tao, at dapat magbago ang puso.

Ang kaharian ni Kristo ay hindi matatayo sa pamamagitan ng
[731] mga kapasiyahan ng mga hukuman o ng mga kapulungan o ng mga batasan, hindi sa pamamagitan ng pangangasiwa at pagtangkilik ng mga dakilang tao ng sanlibutan, kundi sa pagtatanim ng likas ni Kristo sa tao sa pamamagitan ng paggawa ng Espiritu Santo. "Ang lahat ng sa Kaniya'y nagsitanggap, ay pinagkalooban Niya sila ng karapatang maging mga anak ng Diyos, samakatwid baga'y ang mga nagsisisampalataya sa Kaniyang pangalan: na mga ipinanganak na hindi sa dugo, ni sa kalooban ng laman, ni sa kalooban ng tao, kundi ng Diyos." Juan 1:12, 13. Naririto ang tanging kapangyarihang makapag-aangat sa sangkatauhan. At ang gagamitin ng tao upang maisakatuparan ang gawaing ito ay ang pagtuturo at pagsasagawa ng salita ng Diyos.

Nang pasimulan ni apostol Pablo ang kaniyang ministeryo sa Corinto, na isang bayang matao, mayaman, at masama, na pinarami ng di-mabilang na mga bisyo ng paganismo, ay sinabi niya, "Aking ipinasiyang walang makilalang sinuman sa inyo, maliban na kay Jesukristo, at sa Kaniya na napako sa krus." 1 Corinto 2:2. Pagkatapos nito nang sumulat siya sa ilang pinasama ng pinakanakaririmarim

na mga kasalanan, ay sinabi niya, "Nguni't nangahugasan na kayo, nguni't binanal na kayo, nguni't inaring-ganap na kayo sa pangalan ng Panginoong Jesukristo, at sa Espiritu ng ating Diyos." "Nagpapasalamat akong lagi sa aking Diyos tungkol sa inyo, dahil sa biyaya ng Diyos na ipinagkaloob sa inyo sa pamamagitan ni Kristo Jesus." 1 Corinto 6:11; 1:4.

Kung paano nang mga araw ni Kristo ay gayundin ngayon, na ang gawain ng kaharian ng Diyos ay wala doon sa mga nagsisihinging sila'y kilalanin at tanggapin ng mga namumuno sa pamahalaan sa pamamagitan ng mga batas ng mga tao, kundi nasa mga nagpapahayag sa mga tao ng mga espirituwal na katotohanan, sa Kaniyang pangalan, na kung kanilang tatanggapin ay magkakaroon sila ng karanasang gaya ng kay Pablo: "Ako'y napako sa krus na kasama [732]
ni Kristo: at hindi na ako ang nabubuhay; nguni't hindi ako, kundi si Kristo ang nabubuhay sa akin." Galaeia 2:20. Kung gayon sila'y magsisigawang tulad ni Pablo upang makinabang ang mga tao. Sinabi niya, "Kami ngayo'y mga sugo sa pangalan ni Kristo, na waring namamanhik ang Diyos sa pamamagitan namin: kayo'y pinamamanhikan namin sa pangalan ni Kristo, na kayo'y makipagkasundo sa Diyos." 2 Corinto 5:20. [733]

# Kabanata 56—Pinagpala ang mga Bata

Ang kabanalang ito ay batay sa Mateo 19:13-15.; Marcos 10:13-16; Lukas 18:15-17.

Lagi nang maibigin si Jesus sa mga bata. Tinanggap Niya ang kanilang makabatang pakikisama at ang kanilang lantaran at walang-halong pagmamahal. Ang papuring may pasasalamat mula sa kanilang malilinis na labi ay naging parang musika sa Kaniyang mga pandinig, at nagpaginhawa sa Kaniyang diwa sa panahong Siya'y nahihirapan sa pakikisama sa mga tuso at mapagpaimbabaw na mga tao. Saanman pumaroon ang Tagapagligtas, ang Kaniyang maluwalhating mukha, at ang Kaniyang banayad at mabait na pag-uugali, ay umakit ng pagmamahal at pagtitiwala ng mga bata.

Kaugalian na sa mga Hudyo na ang mga bata ay dinadala sa isang rabi, upang maipatong nito ang kaniyang mga kamay sa ulo nila at sila'y pagpalain; nguni't inakala ng mga alagad ng Tagapagligtas na totoong mahalaga ang Kaniyang gawain at hindi na dapat magambala pa ng ganitong maliliit na bagay. Nang lumapit sa Kaniya ang mga inang dala ang kanilang maliit na anak, hindi iyon minabuti ng mga alagad. Inakala nilang totoong musmos pa ang mga batang ito upang makinabang sa pakikipagkita kay Jesus, at inisip pa rin na ang pagkakaparoon ng mga ito ay hindi Niya maiibigan.
[734] Subali't ang hindi naibigan ni Jesus ay ang ginawang ito ng mga
[735] alagad. Talos ng Tagapagligtas ang pag-asikaso at hirap ng mga ina na nagsisipagsikap na maturuan ang kanilang mga anak nang ayon sa salita ng Diyos. Narinig Niya ang kanilang mga panalangin. Siya na rin ang umakay sa kanilang lumapit sa Kaniya.

Isang ina na dala ang kaniyang anak ang umalis ng tahanan upang hanapin si Jesus. Sa daan ay sinabi nito sa isang nakitang kapit-bahay ang kaniyang pakay, at ibig din ng kapit-bahay na ito na pagpalain ni Jesus ang kaniyang mga anak. Sa ganitong paraan nagkaipun-ipon ang maraming mga ina, na dala ang kanilang maliliit na anak. Ang iba sa mga bata ay lampas na sa pagkasanggol at

malalaki na at mga talubata na. Nang ipagtapat ng mga ina kay Jesus ang kanilang hangad, dininig Niyang may pakikiramay ang kanilang kimi at may luhang pakiusap. Nguni't pinakiramdaman muna Niya kung ano kaya ang gagawin ng mga alagad. Nang makita Niyang pinauuwi ng mga ito ang mga ina, sa pag-aakalang iyon ay isang tulong sa Kaniya, ay ipinakilala Niya ang kanilang pagkakamali, na sinasabi, "Pabayaan ninyong lumapit sa Akin ang maliliit na bata, at huwag ninyong pagbawalan sila: sapagka't sa mga ganito ang kaharian ng Diyos." Niyakap Niya ang mga bata, ipinatong sa kanila ang Kaniyang mga kamay, at ibinigay sa kanila ang pagpapalang kanilang hinihingi.

Natuwa't naaliw ang mga ina. NagsiUwi sila sa kanikanilang mga tahanan na pinalakas at pinagpala ng mga salita ni Kristo. Lumakas ang kanilang loob na isabalikat na may kasayahan ang kanilang mga kapanagutan, at gumawang umaasa para sa kanilang mga anak. Dapat ding tanggapin ng mga ina sa ngayon ang Kaniyang mga salita nang may gayunding pananampalataya. Si Kristo ay tunay na isang personal na Tagapagligtas ngayon na gaya noong narito Siya sa lupa na nakipamuhay sa mga tao. Siya rin ang tumutulong [736]
sa mga ina ngayon tulad noong tipunin Niya ang maliliit na bata sa Kaniyang kandungan doon sa Judea. Ang maliliit na bata ng ating mga tahanan ay mga binili rin ng Kaniyang dugo na gaya ng mga bata noong unang panahon.

Talos ni Jesus ang damdamin ng puso ng bawa't ina. Siya na may inang nakipagpunyagi sa karalitaan at kagipitan ay nakikiramay sa mga paghihirap ng bawa't ina. Siya na naglakad nang malayo upang maibsan ng mabigat na alalahanin ang isang inang Cananea, ay gayundin ang gagawin sa mga ina ngayon. Siya na nagbigay ng buhay sa anak ng babaing-balong taga-Nain, at nang naghihirap na Siya sa krus, ay umalaala sa sarili Niyang ina, ay nahahabag din ngayon sa mga inang nangalulumbay. Sa bawa't kalumbayan at pangangailangan ay magbibigay Siya ng tulong at aliw.

Magsilapit nga kay Jesus ang mga ina na taglay ang kanilang mga suliranin. At sila'y bibigyan ng biyayang sapat na makatutulong upang mapamahalaan ang kanilang mga anak. Ang pinto ay bukas para sa bawa't inang mag-iiwan ng kaniyang pasang suliranin sa paanan ng Tagapagligtas. Siya na nagsabing, "Pabayaan ninyong magsilapit sa Akin ang maliliit na bata, at huwag ninyong pagbawalan sila,"

ay nag-aanyaya pa rin hanggang ngayon sa mga ina na dalhin sa Kaniya ang kanilang maliliit na anak upang Kaniyang mapagpala. Ang maliit mang sanggol na kalong ng kaniyang ina ay maaaring tumahan sa lilim ng Makapangyarihan sa lahat sa pamamagitan ng pananampalataya ng inang mapanalanginin. Si Juan Bautista ay napuspos na ng Espiritu Santo buhat pa sa pagkapanganak. Kung sa buhay natin ay makikipag-unawaan tayo sa Diyos, maaasahan din natin, na ang buhay ng ating maliliit na anak ay huhubugin na ng Espiritu Santo buhat pa sa kanilang kasanggulan.

[737] Sa mga batang inilapit kay Jesus, ang nakita Niya ay mga lalaki at mga babaing magmamana ng Kaniyang biyaya at mga tahanan sa Kaniyang kaharian, at ang mga iba sa kanila ay magiging mga martir dahil sa kaniya. Talos Niya na ang mga batang ito ay higit na madaiing makikinig sa Kaniya at tatanggapin Siya kaysa mga maygulang na ang marami ay mga pantas ng sanlibutan at matitigas ang ulo. Sa Kaniyang pagtuturo ay nakibagay Siya sa kanila. Siya na Hari ng langit, ay hindi tumangging sagutin ang kanilang mga tanong at pagaanin ang Kaniyang mahahalagang turo upang matugunan ang kanilang murang pang-unawa. Itinanim Niya sa isip nila ang mga binhi ng katotohanan, na pagkaraan ng ilang taon ay sisibol, at magbubunga sa buhay na walang-hanggan.

Totoo pa rin hanggang ngayon na ang mga bata ay siyang pinakamadaling turuan ng ebanghelyo; ang mga puso nila ay bukas sa mga banal na impluwensiya, at mabuting magtanda ng mga aral na tinanggap. Ang maliliit na bata ay maaaring maging mga Kristiyano, na nagkakaroon ng karanasan na ayon sa kanilang mga gulang. Kailangan silang turuan at sanayin sa mga bagay na espirituwal, at dapat silang bigyan ng mga magulang ng bawa't pagkakataon, upang magkaroon sila ng mga likas na gaya ng likas ni Kristo.

Dapat tingnan ng mga ama at ina ang kanilang mga anak na tulad sa mga batang kaanib ng sambahayan ng Panginoon, na ipinagkatiwala sa kanila upang turuan para sa langit. Ang mga aral na natutuhan natin kay Kristo ay dapat naman nating ituro sa ating mga anak, nang ayon sa kayang tanggapin ng mga murang isip nila, na unti-unting ipinapasok sa kanila ang magagandang simulain ng langit. Sa ganitong paraan nagiging isang paaralan ang tahanang Kristiyano, na dito ang mga magulang ay siyang mga guro,
[738] samantalang si Kristo naman ay siyang punong-guro.

Sa paggawa natin sa ikapagbabago ng ating mga anak, huwag nating hintaying tayo'y makakita sa kanila ng sigalbo ng damdamin na pinakamahalagang katunayan ng pagkilala nila sa kasalanan. Ni hindi rin naman kailangang maalaman pa ang hustong panahon kung kailan sila nangagbago. Dapat nating turuan sila na kanilang dalhin kay Jesus ang kanilang mga kasalanan, na humihingi ng tawad, at naniniwalang Siya'y nagpapatawad at sila'y tinatanggap na gaya ng pagtanggap Niya sa mga bata noong naririto pa Siya sa lupa.

Kung paanong tinuturuan ng ina ang kaniyang mga anak na siya'y sundin dahil sa minamahal nila siya, ga yon tinuturuan niya sila ng mga unang aral sa buhay Kristiyano. Ang pag-ibig ng ina ay naglalarawan sa bata ng pag-ibig ni Kristo, at ang mga batang maliliit na nagtitiwala at tumatalima sa kanilang ina ay natututong magtiwala at tumalima sa Tagapagligtas.

Si Jesus ang parisan ng mga bata, at Siya rin ang parisan ng ama. Nagsalita Siyang tulad sa may kapamahalaan, at ang salita Niya ay may kapangyarihan; gayunman sa lahat Niyang mga pakikipag-ugnay sa magagaspang at mararahas na tao ay hindi Siya gumamit ng matalim o walang-pakundangang pangungusap. Ang biyaya ni Kristong tumatahan sa puso ay siyang magbibigay ng karangalang makalangit at ng pagkadama ng kawas tuan. Ito ang magpapalambot sa anumang marahas, at magpapasuko sa anumang magaspang at mabalasik. Ito ang aakay sa mga ama at mga ina na tratuhin ang .kanilang mga anak na tulad sa mga taong may hustong pagiisip, na gaya rin ng ibig nilang itrato sa kanila.

Mga magulang, sa pagtuturo ninyo sa inyong mga anak, ay pag-aralan ninyo ang mga aral na ibinibigay ng Diyos sa katalagahan. Kung ibig ninyong alagaan o hutukin ang isang rosas o isang liryo, paano ninyo ito gagawin? Magtanong kayo sa maghahalaman kung [739]
paano niya napagaganda at napalalago ang bawa't sanga at dahon, at kung pano niya napalulusog nang timbang sa laki at kagandahan. Sasabihin niya sa inyo na hindi sa marahas na paghipo, o sa pabigla-biglang paghawak: sapagka't makababali iyon sa maseselang sanga at tangkay. Iyon ay sa unti-unting pag-aasikaso, na madalas na in-uulit-ulit. Binabasa niya ang lupa, at ikinukubli ang mga halaman sa malalakas na hangin at matinding init ng araw, at Diyos ang nag-papalago at nagpapabulaklak nang buong kariktan. Sa pakikitungo ninyo sa inyong mga anak, sundin ninyo ang paraan ng maghaha-

laman. Sa pamamagitan ng mga banayad na hipo, sa pamamagitan ng maibiging pag-aasikaso, sikapin ninyong hubugin ang kanilang likas ayon sa parisang likas ni Kristo.

Pasiglahin ang pagsasabi ng pag-ibig sa Diyos at pag-ibig sa isa't isa. Ang dahilan kung bakit napakaraming lalaki at babae sa sanlibutan ang may matitigas na puso ay sapagka't itinuturing nila na ang tunay na pagmamahal ay isang kahinaan, at ito'y pinapanlulupaypay at pinipigil. Ang mabuting likas ng mga taong ito ay napigil nang sila'y mga sanggol pa; at malibang tunawin ng liwanag ng pag-ibig ng Diyos ang kanilang malamig na pagkamakasarili, ay magpakailanman ngang mawawasak ang kanilang kaligayahan. Kung nais nating makita sa ating mga anak ang maibiging diwa ni Jesus, at ang pagmamalasakit sa atin ng mga anghel, ay dapat nating pasiglahin ang mapagbigay at maibiging udyok ng damdamin na katutubo sa mga bata.

Turuan ninyo ang mga bata na makita si Kristo sa katalagahan. Ipasyal ninyo sila sa kaparangan, sa lilim ng malalaking punungkahoy, sa mga halamanan; at sa lahat ng mga kahanga-hangang gawa ng paglalang ay ituro ninyong makita nila ang pagpapahayag ng pag ibig ng Diyos. Ituro ninyo sa kanila na Siya ang gumawa ng mga
[740] utos na sumasaklaw sa lahat ng mga bagay na nabubuhay, na Siya'y gumawa ng mga utos sa atin, at ang mga utos na ito ay para sa ating ikatutuwa at ikaliligaya. Huwag ninyong inipin sila sa mahahabang panalangin at nakapapagod na mga pangaral, kundi sa pamamagitan ng mga pakay na aral na hango sa katalaga han ay ituro ninyo sa kanila ang pagtalima sa kautusan ng Diyos.

Kung makuha na ninyo ang kanilang tiwala bilang mga tagasunod ni Kristo, madali nang ituro sa kanila ang malaking pag-ibig na iniibig Niya sa atin. Sa pagsisikap ninyong malinaw na maipaliwanag ang mga katotohanan ng kaligtasan, at maituro ang mga bata kay Kristo bilang isang personal na Tagapagligtas, ay sasainyong piling ang mga anghel. Bibigyan ng Panginoon ang mga ama at mga ina ng sapat na biyaya upang kanilang mapawili ang kanilang maliliit na anak sa mainam na kasaysayan ng Sanggol sa Bethlehem, na siyang tunay na pag-asa ng sanlibutan.

Nang sawayin ni Jesus ang mga alagad na huwag pagbawalan ang mga bata na lumapit sa Kaniya, ay nagsasalita Siya sa mga tagasunod Niya sa lahat ng panahon—sa mga namumuno sa iglesya,

sa mga ministro at mga katulong nila, at sa lahat ng mga Kristiyano. Pinalalapit ni Jesus ang mga bata, at inuutusan Niya tayo na, Bayaan ninyo silang magsilapit; na para bagang sinasabi Niya, Sila'y lalapit kung hindi ninyo hahadlangan.

Huwag ninyong bayaang ang inyong pangit na likas ay lumagay na parang siyang likas ni Jesus. Huwag ninyong ilayo sa Kaniya ang maliliit na bata sa pamamagitan ng inyong pagwawalang-bahala at kabagsikan. Huwag ninyo silang bigyang-katwirang mag-sikap na sila'y hindi liligaya sa langit kung naroroon kayo na kanilang mga magulang. Huwag ninyong pag-usapan ang relihiyon na parang isang bagay na hindi mauunawaan ng mga bata, o kaya'y huwag [741]
kayong kumilos na parang hindi ninyo inaasahang tatanggapin nila si Kristo dahil sa sila'y mga bata pa. Huwag ninyong bigyan sila ng maling impresyon na ang relihiyon ni Kristo ay panay na kalungkutan, at kung lalapit sila sa Tagapagligtas ay kailangang iwan nila ang lahat na nagpapaligaya sa buhay.

Pagka gumagawa ang Espiritu Santo sa puso ng mga bata, makipagtulungan kayo. Sabihin ninyong si Kristo ang tumatawag sa kanila, at wala nang makapagbibigay ng higit na malaking kagalakan sa Kaniya kundi ang ihandog nila sa Kaniya ang mga sarili nila samantalang nasa kamuraan at kasariwaan pa sila ng buhay.

Pinakamamamahal ng Tagapagligtas ang mga kaluluwang binili Niya ng Kaniyang sariling dugo. Sila'y mga inaangkin ng Kaniyang pag-ibig. Siya'y nananabik sa kanila ng matinding pananabik. Ang Kaniyang puso ay uhaw, hindi lamang sa mga batang may mabubuting ugali, kundi sa mga may pangit na likas din naman. Maraming magulang ang di-nakaaalam kung gaano kalaki ang kanilang kapanagutan sa mga ugaling ito ng kanilang mga anak. Kulang sila sa dunong at pagmamahal upang pakitunguhan ang mga nagkakamaling batang ito, na sila na rin ang maykapanagutan sa ikinapaging gayon nila. Nguni't tinitingnan ni Jesus ang mga batang ito nang may pagkahabag. Tinutunton Niya ang sanhi at pinagmulan.

Ang tagapagturong Kristiyano ay maaaring isang kasangkapang ginagamit ni Kristo upang mapalapit sa Tagapagligtas ang mga batang ito. Sa pamamagitan ng dunong at paraan ay maitatali niya sila sa kaniyang puso, mabibigyan ng pag-asa at tapang ng loob, at sa pamamagitan ng biyaya ni Kristo ay makikita niya silang mga

binago ang likas, na anupa't tungkol sa kanila ay masasabing, "Sa
[742] mga ito ang kaharian ng Diyos."

[743]

## Kabanata 57—“Isang Bagay ang Kulang sa Iyo”

Ang kabanatang ito ay batay sa Mateo 19:16-22; Marchos 10:17-22; Lukas 18:18-23.

“At nang Siya’y umalis na lumalakad sa daan, ay may isang tumatakbong lumapit sa Kaniya, at lumuhod sa harap Niya, at Siya’y tinanong, Mabuting Guro, ano ang gagawin ko upang ako’y magmana ng buhay na walang-hanggan?”

Ang binatang nagtanong nito ay isang pinuno. Namasdan niya ang pagmamahal na ipinakita ni Kristo sa mga batang dinala sa Kaniya; namasdan niya kung gaano kagiliw Niyang tinanggap sila at kinalong, at sa sariling puso niya ay tumubo ang pag-ibig sa Tagapagligtas. Naramdaman niya ang paghahangad na maging alagad Niya. Lubhang nakilos ang puso niya na anupa’t nang umalis si Kristo ay tumakbo naman siyang sumunod sa Kaniya, at paluhod at tapat sa loob na nagtanong ng katanungang napakahalaga sa kaniyang kaluluwa at sa kaluluwa ng bawa’t taong kinapal. “Mabuting Guro, ano ang gagawin ko upang ako’y magmana ng buhay na walanghanggan?”

“Bakit mo Ako tinatawag na mabuti?” ani Kristo, “may Isa lamang na mabuti, ang Diyos.” Ibig ni Kristong subukin ang katapatan ng pinuno, at kung bakit tinatawag niya Siyang mabuti. Napagkilala kaya niya na ang Isang kinakausap niya ay Anak ng Diyos? [744]
Ano ang tunay na damdamin ng puso niya?

May mataas na pagpapahalaga ang pinuno sa sarili niyang katwiran. Hindi niya tunay na inaakalang kulang pa siya sa anumang bagay, nguni’t hindi naman siya nasisiyahan. Naramdaman niya ang pangangailangan ng isang bagay na wala sa kaniya. Hindi kaya maaaring pagpalain din siya ni Jesus na tulad ng maliliit na bata, at nang masiyahan naman ang kaniyang kaluluwa?

Pagsagot ni Jesus sa tanong na ito ay sinabi Niya sa kaniya na ang pagtalima sa mga utos ay kailangan kung nais niyang magtamo ng buhay na walang-hanggan; at inulit Niya ang ilan sa mga utos na

nagpapakilala ng tungkulin ng tao sa kaniyang mga kapwa tao. Ang sagot ng pinuno ay tiyak: "Ang lahat ng mga bagay na ito ay ginanap ko na buhat sa aking pagkabata: ano pa ang kulang sa akin?"

Tinitigan ni Kristo sa mukha ang binata, na para bagang binabasa at sinasaliksik ang kaniyang likas. Iniibig Niya siya, at pinananabikan Niyang siya'y mabigyan ng kapayapaan at biyaya at kaligayahan na siyang lubos na babago sa kaniyang likas. "Isang bagay ang kulang sa iyo," wika Niya, "yumaon ka ng iyong lakad, ipagbili mo ang iyong tinatangkilik, at ipamahagi mo sa mga dukha, at ikaw ay magkakaroon ng kayamanan sa langit: at pumarito ka, pasanin mo ang iyong krus, at sumunod ka sa Akin."

Nabaling ang loob ni Kristo sa binatang ito. Talos Niyang tapat siya sa kaniyang sinabing, "Ang lahat ng mga bagay na ito ay ginanap ko na buhat sa aking pagkabata." Sabik ang Manunubos na likhaan siya ng pagkakilala na magbibigay-kaya sa kaniya na makita niya ang pangangailangan ng pagtatalaga ng puso ng kabutihang Kristiyano. Sabik Siyang makita sa kaniya ang isang nagpapak-
[745] ababa at nagsisising puso, na nakakikilala sa dakilang pag-ibig na dapat iukol sa Diyos, at ipinapaloob ang kaniyang pagkukulang sa kasakdalan ni Kristo.

Nakita ni Jesus ang tulong na kailangan ng binatang pinunong ito kung nais nitong maging kamanggagawa Niya sa gawain ng pagliligtas. Kung pasasakop lamang siya sa pamamatnubay ni Kristo, ay magiging isa siyang kapangyarihan sa kabutihan. Sa malaking paraan, ang pinuno ay maaaring kumatawan sana kay Kristo; sapagka't may angkin siyang mga kakayahan, na kung siya'y makikiisa lamang sa Tagapagligtas, ay magiging isa siyang banal na kapangyarihan sa gitna ng mga tao. Pagkakita sa kaniyang likas, ay inibig siya ni Kristo. Napupukaw na sa puso ng pinuno ang pag-ibig kay Kristo. sapagka't ang pag-ibig ay nanganganak ng pag-ibig. Sabik si Jesus na siya'y maging kamanggagawa Niya. Ibig Niyang gawin siyang tulad Niya, tulad sa isang salaming kinakikitaan ng larawan ng Diyos. Ibig Niyang paunlarin ang marangal nitong likas, at ito'y pabanalin upang magamit ng Panginoon. Kung noon ay inihandog ng pinuno ang sarili niya kay Kristo, lumago sana siya sa Kaniyang harapan. Kung pinili niya ang ganito, ibang-iba sana ang naging kinabukasan niya!

"Isang bagay ang kulang sa iyo," sabi ni Jesus. "Kung ibig mong maging sakdal, yumaon ka, at ipagbili mo ang iyong tinatangkilik, at ipamigay mo sa mga dukha, at magkakaroon ka ng kayamanan sa langit: at pumarito ka at sumunod ka sa Akin." Nabasa ni Kristo ang puso ng pinuno. Isa lamang bagay ang kailangan niya, at iyan ay isang simulaing napakahalaga. Kailangan niya sa loob ng kaluluwa ang pag-ibig ng Diyos. Kung hindi malalagyan ang kulang na ito, ay mapapasapanganib siya; ang buong likas niya ay sasama. Sa kaniyang pagpapasasa, lalong titibay ang kasakiman. Kaya upang matanggap niya ang pag-ibig sa Diyos, dapat muna niyang isuko ang lubos na pag-ibig niya sa kaniyang sarili. [746]

Binigyan ni Kristo ang taong ito ng isang pagsubok. Pinapamili Niya siya sa kayamanan sa langit at sa kadakilaang pansanlibutan. Tinitiyak na magiging kaniya ang kayamanan sa langit kung susunod siya kay Kristo. Nguni't dapat isuko ang sarili; ang kaniyang kalooban ay dapat ipasakop sa kalooban ni Kristo. Ang kabanalan mismo ng Diyos ay inialok sa binatang pinuno. Mayroon siyang karapatang maging isang anak ng Diyos, at kasamang: tagapagmana ni Kristo sa kayamanan sa langit. Nguni't dapat niyang pasanin ang krus, at sumunod sa Tagapagligtas sa landas ng pagkakait sa sarili.

Ang mga salita ni Kristo sa pinuno ay isang tunay na paanyaya, "Piliin ninyo sa araw na ito kung sino ang inyong paglilingkuran." Josue 24:15. Ipinaubaya sa kaniya ang pamimili. Sabik si Jesus na siya'y magbago. Itinuro na Niya sa kaniya ang bahaging maysakit sa kaniyang likas, at taglay ang taimtim na kasabikang pinagmasdan Niya kung ano ang ipapasiya't gagawin ng binata! Kung ipinasiya niyang sumunod kay Kristo, kailangang talimahin niya ang Kaniyang mga salita sa lahat ng bagay. Kailangang talikuran niya ang lahat ng iba niyang mga nilalayon. Taglay ang alab ng pananabik at pagkagiliw sa kaluluwa na minasdan ng Tagapagligtas ang binata, na inaasahang siya'y susuko sa anyaya ng Espiritu ng Diyos!

Si Kristo ang may gawa ng tanging kondisyong maglalagay sa pinuno sa isang kalagayang siya'y makakabuo ng isang sakdal na likas Kristiyano. Ang mga salita Niya ay mga salita ng karunungan, bagama't sa biglang dinig ay mahigpit at mabigat. Kung tatanggapin at tatalimahin, ito ang tanging pag-asa sa kaligtasan ng pinuno. Ang mataas niyang karangalan at ang kaniyang mga tinatangkilik ay lumilikha ng masamang impluwensiya sa kaniyang likas. Kung

kikimkimin niya ito, darating ang araw na ito ang ihahalili niya sa
[747] pag-ibig sa Diyos. Ang pagkakait nang kaunti o marami sa Diyos ay pagpapanatili sa bagay na makababawas ng kaniyang lakas at kakayahang moral; sapagka't kung mamahalin ang mga bagay ng sanlibutang ito, bagama't ang mga ito ay dimaaasahan at di-marapat, ito na lamang ang pag-uubu san ng isip at lakas.

Madaling naintindihan ng pinuno ang buong kahulugan ng mga salita ni Kristo, at siya'y nalungkot. Kung napagkilala lamang niya ang halaga ng iniaalok na kaloob, sana'y karaka-rakang pumasok siya bilang isa sa mga alagad ni Kristo. Isa siyang kagawad ng iginagalang na kapulungan ng mga Hudyo, at tinutukso siya ni Satanas na malaking-malaki ang pag-asa niya sa hinaharap. Ibig niya ang kayamanan sa langit, subali't ibig din niya ang mga kalamangang maidudulot sa kaniya ng kaniyang mga kayamanan. Nalungkot siya na may gayong mga kondisyon; hangad niya ang buhay na walang hanggan, nguni't ayaw naman niyang gumawa ng anumang sakripisyo. Ang halaga ng buhay na walang-hanggan ay tila mandin napakalaki, at siya'y umalis na nalulungkot; "sapagka't may malaki siyang kayamanan."

Ang sinabi niyang ginanap niya ang mga utos ng Diyos ay isang kabulaanan. Ipinakilala niyang mga kayamanan ang kaniyang dinidiyos. Hindi niya maiingatan ang mga utos ng Diyos samantalang inuuna niyang mahalin ang sanlibutan. Higit niyang ibig ang mga kaloob na ibinibigay ng Diyos kaysa Diyos na nagbibigay. Inalok ni Kristo ang binata ng pakikisama sa Kaniya. "Sumunod ka sa Akin," wika Niya. Nguni't sa kaniya ay walang anuman ang Tagapagligtas na di-gaya ng sarili niyang pangalan sa gitna ng mga tao o ng kaniyang mga ari-arian. Kung iiwan niya ang kaniyang kayamanan sa lupa, na kaniyang nakikita, na kahalili ng kayamanan sa langit, na hindi niya nakikita, ay napakalaking panganib. Hindi niya tinanggap
[748] ang alok ng buhay na walang-hanggan, at siya'y umalis, at buhat noon ay sinamba niya ang sanlibutan. Libu-libo ang dumaraan sa ganitong pagsubok, na inilalagay nila si Kristo at ang sanlibutan sa isang timbangan; at marami ang pumipili sa sanlibutan. Katulad ng binatang pinuno, sila'y tumatalikod sa Tagapagligtas, na sinasabi sa sarili nila, Ayaw kong maging aking lider ang Taong ito.

Ang pakikipag-usap ni Kristo sa binata ay inihaharap na isang halimbawa. Binigyan tayo ng Diyos ng tuntunin ng aasalin na mara-

pat sundin ng bawa't isang sumusunod sa Kaniya. Ito ang pagtalima sa Kaniyang kautusan, hindi iamang pagtalima nang dahil sa utos, kundi isang pagtalimang pumapaloob sa kabuhayan, at nakikita sa likas. Inilagay ng Diyos ang Kaniyang sariling pamantayan ng likas para sa lahat ng mga may ibig tumahan sa Kaniyang kaharian. Yaon lamang magiging mga kamanggagawa ni Kristo, yaon lamang magsisipagsabing, Panginoon, lahat ng nasa akin at ang buo kong sarili ay Iyo, ay sila lamang ang kikilalaning mga anak na lalaki at babae ng Diyos. Dapat isipin ng lahat kung ano ang ibig sabihin ng nasain ang langit, at gayon pa ma'y tatalikod dahil sa mga kondisyong inilagay. Isipin ninyo kung ano ang ibig sabihin ng pagsasabi ng Hindi kay Kristo. Sinabi ng pinuno, Hindi, hindi ko maibibigay sa Iyo ang lahat. Ganyan din ba ang ating sinasabi? Nag-aalok ang Tagapagligtas na tutuiungan tayo sa gawaing ibinigay ng Diyos sa atin na gawin natin. Iminumungkahi Niyang gamitin ang mga kagamitang ibinigay ng Diyos sa atin, upang maitaguyod ang Kaniyang gawain sa sanlibutan. Sa ganitong paraan lamang maililigtas Niya tayo.

Ang mga ari-arian ng pinuno ay ipinagkatiwala sa kaniya upang patunayan niyang siya'y isang tapat na katiwala; dapat niyang ipamahagi ang mga kayamanang ito upang pagpalain ang mga nasa pangangailangan. Kaya ngayon ang mga tao'y pinagkakatiwalaan [749]
ng Diyos ng kayamanan, ng mga kakayahan at mga pagkakataon, upang sila'y magamit Niyang mga katulong sa paglilingkod sa mga dukha at sa mga nasa kahirapan. Siyang gumagamit ng mga kaloob na ipinagkatiwala ng Diyos sa kaniya nang alinsunod sa panukala ng Diyos, ay nagiging kamanggagawa ng Tagapagligtas. Nakapaglalapit siya ng mga kaluluwa kay Kristo, sapagka't nakikita sa kaniya ang likas ni Kristo.

Sa mga taong, tulad ng binatang pinuno, ay may matataas na tungkulin at malalaking kayamanan, ay waring totoong malaking sakripisyo kung iiwan nila ang lahat upang sumunod kay Kristo. Nguni't ito ang talagang tuntuning dapat sundin ng lahat na may ibig maging mga alagad Niya. Hindi matatanggap ang hindi sumusunod. Ang pagpapasakop ng sarili ay siyang diwa ng mga turo ni Kristo. Madalas ay inihaharap ito at iniuutos sa tila mandin matinding pangungusap, sapagka't wala nang iba pang paraan upang mailigtas ang tao kundi putulin at ihiwalay yaong mga bagay na magpapahamak sa kaniya, kung hindi yaon maaalis.

Kung ibinabalik ng mga sumusunod kay Kristo ang mga bagay na talagang sa Panginoon, ay nag-iipon sila ng kayamanang isasauli sa kanila sa araw na yaong marinig nila ang mga salitang, “Mabuting gawa, mabuti at tapat na alipin; ... pumasok ka sa kagalakan ng iyong Panginoon.” “Na Siya dahil sa kagalakang inilagay sa harapan Niya ay nagtiis ng krus, na niwalangbahala ang kahihiyan, at lumuklok sa kanan ng trono ng Diyos.” Mateo 25:23; Hebreo 12:2. Ang kagalakan na makita ang mga taong tinubos, na mga kaluluwang ligtas na magpakailanman, ay siyang igagantimpala sa lahat ng mga
[750] sumunod sa mga bakas Niyang nagsabi, “Sumunod ka sa Akin.”

[751]

## Kabanata 58—“Lazaro, Lumabas Ka!”

Ang kabanatang ito ay batay sa Lukas 10:38-42; Juan 11:1-44.

Si Lazaro ng Betanya ay nabibilang sa matitibay na alagad ni Kristo. Buhat sa una nilang pagkikita ay lumakas na ang kaniyang pananampalataya kay Kristo; malalim ang pag-ibig niya sa Kaniya, at siya naman ay lubhang minalial ng Tagapagligtas. Alang-alang kay Lazaro kaya ginawa ang pinakadakila sa lahat ng mga kababalaghan ni Kristo. Pinagpala ng Tagapagligtas ang lahat ng humingi ng Kaniyang tulong; iniibig Niya ang buong sangkatauhan, nguni't may mga ibang tangi Niyang pinakamamahal. Ang puso Niya ay itinali ng matibay na panali ng pagmamahal sa sambahayang nasa Betanya, at isa sa kanila ang ginawan Niya ng lubhang kahanga-hangang gawa.

Sa tahanan ni Lazaro ay malimit mamahinga si Jesus. Ang Tagapagligtas ay walang sariling tahanang inuuwian; umasa lamang Siya sa mga kaibigan at mga alagad Niya na nagpapatuloy sa Kaniya, at madalas na kung Siya'y hapo na, at uhaw sa pagmamahal ng tao, ay maligaya Siyang tumutuloy sa mapayapang sambahayang ito, na malayo sa hinala, pagkainggit at galit ng mga Pariseo. Dito'y nakasumpong Siya ng isang matapat na pagtanggap, at ng isang tunay at banal na paki- kipagkaibigan. Dito'y nakapagsasalita Siya [752]
nang may kapayakan at kalayaan, palibhasa'y natatalastas Niyang ang mga salita Niya'y mauunawaan at mamahaling tulad sa isang yaman.

Pinahahalagahan ng ating Tagapagligtas ang isang tahanang tahimik at ang tapat na mga nakikinig. Nasasabik Siya sa pagmamahal, paggalang at pag-ibig ng mga tao. Yaong mga tumanggap ng turo ng langit na laging handa Niyang ibigay ay mga pinagpalang lubha. Nang sundan si Kristo ng mga karamihan sa luwal na kaparangan, ay inilahad Niya sa kanila ang kagandahan ng sanlibutan ng katalagahan. Iminulat Niya ang kanilang pag-iisip upang makita nilang kamay ng Diyos ang umaalalay sa sanlibutan. Upang

mapukaw ang loob ng tao na pasalamatan ang kabutihan at kagandahang-loob ng Diyos, tinawag Niya ang pansin ng mga nakikinig sa marahang pumapatak na hamog, sa marahang ambon at sa maliwanag na sikat ng araw, na ibinibigay sa masama at sa mabuti. Ibig Niyang makilala nila ang pagpapahalaga ng Diyos sa mga taong ginagamit Niyang pinakakasangkapan. Subali't makupad sa pakikinig ang mga karamihan, at sa tahanan sa Betanya ay nakasumpong si Kristo ng kapahingahan sa Kaniyang nakapapagod na paglilingkod sa mga tao. Dito'y nabubuksan Niya sa harap ng sambahayang nagpapahalaga ang balumbon ng pamamatnubay at kalooban ng Diyos. Sa mga bukod na pakikipag-usap na ito ay inihayag Niya sa mga nakikinig yaong mga bagay na hindi Niya masabi sa halu-halong karamihan. Hindi na Niya kinailangang magsalita sa Kaniyang mga kaibigan sa pamamagitan ng mga talinhaga.

Nang ituro ni Kristo ang Kaniyang mga kahanga-hangang aralin, si Maria ay nakaupo sa paanan Niya, isang magalang at tapat na tagapakinig. Sa isang pangyayari, si Marta, na hindi malaman
[753] kung ano ang gagawin sa pag-aasikaso ng inihahandang pagkain, ay lumapit kay Kristo, at nagsabi, "Panginoon, walang anuman ba sa Iyo na ako'y pabayaang mag-isa ng aking kapatid na maglingkod? Sabihin Mo nga sa kaniyang tulungan ako." Ito ang unang pagdalaw ni Kristo sa Betanya. Kararating pa lamang ng Tagapagligtas at ng mga alagad Niya sa mahabang paglalakad buhat sa Jerico. Sabik si Martang madulutan sila ng ikagiginhawa nila, at sa kaniyang pag-aasikaso ay nalimutan niya ang paggalang na karampatan sa kaniyang Panauhin. Sinagot siya ni Jesus nang banayad, "Marta, ikaw ay maingat at naliligalig sa maraming bagay: nguni't isang bagay lamang ang kinakailangan: at pinili ni Maria ang magaling na bahagi, na hindi aalisin sa kaniya." Itinatanim ni Maria sa kaniyang isip ang mahahalagang butil ng salitang namumutawi sa mga labi ng Tagapagligtas, mga salitang sa ganang kaniya'y totoong mahalaga kaysa mga pinakamamahaling hiyas.

Ang "isang bagay" na kailangan ni Marta ay isang mahinahon at nakatalagang diwa, isang lalong masigasig na pananabik na maalaman ang hinaharap na buhay na hindi na mamamatay, at ang mga biyayang kailangan upang lumago sa kabuhayang espirituwal. Hindi niya gaanong kailangan ang pag-aasikaso sa mga bagay na lumilipas, at ang kailangang dagdagan ay ang pagaasikaso sa mga bagay na

tumatagal nang magpakailanman. Ibig ituro ni Jesus sa Kaniyang mga anak na samantalahin nila ang lahat ng pagkakataon na ikapagtatamo nila ng karunungang ukol sa kaligtasan. Ang gawain ni Kristo ay nangangailangan ng maiingat at masisipag na manggagawa. Malawak ang lugar para sa mga Marta, na ang sikap ay gagamitin sa gawain ng relihiyon. Nguni't kailangan munang sila'y makiupo kay Maria sa paanan ni Jesus. Ang sipag, liksi, at lakas ay bayaang pabanalin muna na biyaya ni Kristo; kung magkagayon [754]
ang buhay ay magiging isang malaking kapangyarihan sa paggawa ng mabuti.

Pumasok ang kalungkutan sa payapang tahanang pinamahingahan ni Jesus. Si Lazaro ay dinapuan ng biglang karamdaman, at ang mga kapatid niyang babae ay nagpasabi kay Jesus, "Panginoon, narito, siya na Iyong minamahal ay maysakit." Nakita nila ang karahasan ng sakit na dumapo sa kanilang kapatid, nguni't batid nilang kaya ni Kristo na pagalingin ang lahat ng uri ng karamdaman. May paniwala silang daramay Siya sa kanilang kasaliwaang-palad; dahil dito'y hindi na sila nagpautos na sila'y dalawin agad ng Panginoon, kundi nagpadala na lamang ng nagtitiwalang pasabing, "Siya na Iyong minamahal ay may-sakit." Inakala naman nilang Siya'y magmamadaling tutugon sa kanilang pasabi, at dadalawin sila agad pagdating Niya sa Betanya.

Buong kasabikang naghintay sila ng balita buhat kay Jesus. Habang humihinga pa ang kanilang kapatid, ay dumalangin sila't naghintay sa pagdating ni Jesus. Nguni't bumalik na ang inutusan nang hindi Siya kasama. Gayunma'y may dalang pasabi ang inutusan, "Ang sakit na ito ay hindi sa ikamamatay," at nanghawak sila sa pag-asang si Lazaro ay mabubuhay. Magiliw nilang binulungan ang halos wala nang malay na maysakit ng mga salitang bumubuhay ng pag-asa at nagpapalakas ng loob. Nang mamatay si Lazaro ay gayon na lamang ang kanilang pagkabigo; gayunma'y naramdam nila ang umaalalay na biyaya ni Kristo, kaya hindi sila nagpataw ng sisi sa Tagapagligtas.

Nang matanggap ni Kristo ang pasabi, inakala ng mga alagad na ito'y hindi Niya pinansin. Hindi siya nagpahalata ng pagkalungkot na siya nilang inaasahang makikita sa Kaniya. Pagtingin Niya sa kanila, ay sinabi Niya, "Ang sakit na ito ay hindi sa ikamamatay, kundi sa ikaluluwalhati ng Diyos, upang ang Anak ng Diyos ay

[755] luwalhatiin din naman." Dalawang araw Siyang naglumagak sa dakong iyon. Ang pagluluwat na ito ay naging isang hiwaga sa mga alagad. Kaylaking kaaliwan sana ang maibibigay sa nagdadalamhating magkakapatid kung Siya lamang ay naroroon, naisip nila. Alam ng mga alagad na malaki ang pagmamahal Niya sa sambahayan sa Betanya, at sila'y nangagtaka kung bakit hindi Siya tumugon sa malungkot na pasabing, "Siya na Iyong minamahal ay may-sakit."

Sa nagdaang dalawang araw ay waring nawala na sa isip ni Kristo ang pasabi; sapagka't hindi man lamang Niya nabanggit si Lazaro. Naalaala ng mga alagad si Juan Bautista, na una kay Jesus. Nagtaka sila kung bakit sa taglay ni Jesus na kapangyarihang gumawa ng mga kahanga-hangang kababalaghan, ay pinahintulutan Niyang magtiis si Juan sa bilangguan, at mamatay sa dahas. Sa pagkakaroon ng gayong kapangyarihan, bakit hindi iniligtas ni Kristo ang buhay ni Juan? Ang tanong na ito ang malimit ulitin ng mga Pariseo, na iniharap nilang isang di-masagot na tutol sa inaangkin ni Kristong Siya'y Anak ng Diyos. Binigyang-babala na ni Jesus ang Kaniyang mga alagad tungkol sa darating na mga pagsubok, kawalan, at paguusig. Pababayaan ba Niya sila pagsapit ng pagsubok? May mga nag-alalang baka pinagkamalian nila ang Kaniyang misyon. Lahat ay naligalig na mabuti.

Makaraan ang dalawang araw ng paghihintay, sinabi ni Jesus sa mga alagad, "Bumalik uli tayo sa Judea." Itinanong ng mga alagad, na kung talagang si Jesus ay babalik sa Judea, ay bakit pa sila naghintay ng dalawang araw. Datapwa't ngayon ay bigla silang nag-alaala kay Kristo at sa kanila mang mga sarili. Sa gagawin ni Jesus ay wala silang nakikita kundi panganib. "Panginoon," anila, "nito lamang kailan ay pinagsikapan Kang batuhin ng mga Hudyo; at paroroon Ka uli?" Sumagot si Jesus, "Hindi ba may labindalawang oras sa isang araw?" Ako'y nasa pag-iingat ng Aking Ama; habang
[756] ginaganap Ko ang Kaniyang kalooban, Ako'y ligtas. Ang Aking labindalawang oras ay hindi pa natatapos. Nasa mga huling oras na Ako ng Aking araw; nguni't hanggang may natitira pa, ay wala Akong panganib.

"Kung ang sinuman ay lumalakad sa araw," ang patuloy Niya, "ay hindi siya natitisod, sapagka't nakikita niya ang ilaw ng sanlibutang ito." Ang gumaganap ng kalooban ng Diyos, na lumalakad sa landas na iginuhit ng Diyos, ay hindi matitisod at mabubuwal.

Ang liwanag ng namamatnubay na Espiritu ng Diyos ay nagbibigay sa kaniya ng malinaw na pagkakilala sa kaniyang tungkulin, at siyang matwid na umaakay sa kaniya hanggang sa matapos niya ang kaniyang gawain. "Datapwa't kung ang sinuman ay lumalakad sa gabi, siya'y natitisod, sapagka't wala sa kaniya ang liwanag." Siyang lumalakad sa landas na siya ang pumili, na hindi siyang pinalalakaran sa kaniya ng Diyos, ay matitisod. Sa kaniya ang araw ay nagiging gabi, at saanman siya maparoon, ay hindi siya tiwasay.

"Ang mga bagay na ito ay sinabi Niya: at pagkatapos nito ay sinabi Niya sa kanila, Si Lazarong ating kaibigan ay natutulog; nguni't paroroon Ako, upang gisingin siya sa kaniyang pagkakatulog." "Si Lazarong ating kaibigan ay natutulog." Kaylambing na mga salita! Puno ng pagmamahal! Sa pag-aalaalang may panganib na naghihintay sa kanilang Panginoon sa pagparoon sa Jerusalem, ay halos nalimutan na ng mga alagad ang nangungulilang sambahayan sa Betanya. Nguni't si Kristo ay hindi. Parang nasumbatan ang mga alagad. Nabigo na sila dahil sa hindi agad tumugon si Kristo sa pasabi. Natutukso na silang mag-akala na wala Siyang magiliw na pagmamalasakit kay Lazaro at sa mga kapatid nito, sapagka't kung mayroon Siyang pagtingin gaya ng palagay nila, ay disin sana'y sumama Siya agad sa inutusan. Nguni't ngayon ang sinabi Niyang, "Si Lazarong ating kaibigan ay natutulog," ay lumikha sa kanilang loob ng wastong damdamin. Nagtibay na sa kanila ang paniniwalang [757] hindi nga nalilimot ni Kristo ang Kaniyang mga nagdurusang kaibigan.

"Sinabi nga ng Kaniyang mga alagad, Panginoon, kung siya'y natutulog, siya'y gagaling. Gayunman ang sinalita ni Jesus ay ang tungkol sa kaniyang kamatayan: nguni't sinapantaha nilang ang sinalita Niya ay ang pamamahinga sa pagtulog." Sa mga anak Niyang sumasampalataya ay ipinakikilala ni Kristo na ang kamatayan ay katulad ng pagtulog. Ang buhay nila ay natatagong kasama ni Kristo sa Diyos, at hanggang sa dumating ang huling pagtunog ng pakakak, ang lahat ng nangamamatay ay matutulog sa Kaniya.

"Nang magkagayon ay sinabi sa kanila ni Jesus nang malinaw, Si Lazaro ay patay. At Ako'y nagagalak na dahil sa inyo ay waia Ako roon, upang kayo'y magsisampalataya; gayunma'y magsiparoon tayo sa kaniya." Sa ganang kay Tomas ay wala kundi kamatayan lamang ang naghihintay sa kaniyang Panginoon kung siya'y pupunta

sa Judea; gayunma'y tinibayan niya ang kaniyang loob, at sinabi niya sa ibang mga alagad, "Magsiparoon din naman tayo, upang tayo'y mamatay na kasama Niya." Batid niyang galit ang mga Hudyo kay Kristo. Ang talagang hangad nila ay patayin Siya, nguni't hindi pa naisasagawa ang hangaring ito, dahil sa may natitira pa sa panahong itinaan sa Kaniya. Sa buong panahong ito ay binabantayan si Jesus ng mga anghel ng langit; at sa mga paligid man ng Judea, na doon ay pinagsasabuwatan ng mga rabing Siya ay hulihin at patayin, ay walang panganib na darating sa Kaniya.

Namangha ang mga alagad sa mga salita ni Kristo nang sabihin Niyang, "Si Lazaro ay patay. At Ako'y nagagalak ... na wala Ako roon." Sinadya kayang talaga ng Tagapagligtas na iwasan ang tahanan ng mga nagdurusa Niyang kaibigan? Sa malas ay waring iniwang magisa sina Maria at Marta at ang naghihingalong si Lazaro.
[758] Nguni't hindi sila iniwang mag-isa. Natanaw ni Kristo ang buong pangyayari, at pagkamatay ni Lazaro ay inalalayan ng Kaniyang biyaya ang naulilang magkapatid. Nasaksihan ni Jesus ang kapighatian ng kanilang mga puso, nang nakikipaglaban ang kanilang kapatid sa malakas niyang kaaway, ang kamatayan. Naramdaman Niya ang hapdi ng kanilang kapighatian, nang sabihin Niya sa Kaniyang mga alagad, "Si Lazaro ay patay." Nguni't hindi lamang ang mga minamahal Niya sa Betanya ang dapat Niyang isipin; kailangan din naman Niyang isaalang-alang ang pagtuturo Niya sa Kaniyang mga alagad. Sila ang magiging mga kinatawan Niya sa sanlibutan, upang lumukob sa lahat ang pagpapala ng Ama. Alangalang sa kanila ay pinahintulutan Niyang mamatay si Lazaro. Kung pinagaling Niya siya, hindi sana naisagawa ang kababalaghan, na siyang tiyak na katunayan ng Kaniyang pagka-Diyos.

Kung nagtungo't namalagi si Kristo sa silid ng maysakit, hindi sana namatay si Lazaro; sapagka't hindi magkakaroon si Satanas ng kapangyarihan dito. Hindi maitutudla ni Kamatayan ang kaniyang palaso kay Lazaro kung kaharap ang Nagbibigay-ng-buhay. Kaya nga nanatiling malayo si Kristo. Pinahintulutan Niyang gamitin ng kaaway ang kapangyarihan nito, upang pagkatapos ay mapalayas Niya ito na isang talunan. Pinahintulutan Niyang si Lazaro ay pumailalim sa kapangyarihan ng kamatayan; at nakita ng nagdadalamhating magkapatid na babae ang kapatid nilang lalaki na ipinasok at inilagak sa libingan. Talos ng Tagapagligtas na sa pagtin-

gin nila sa bangkay na mukha ng kanilang kapatid ay masusubok nang mahigpit ang pananampalataya nila sa kanilang Manunubos. Nguni't batid din Niya na dahil sa pakikipagpunyaging dinaranas nila, ay lalong titingkad at lalakas ang kanilang pananampalataya. Binata Niya ang bawa't timo ng kalungkutang kanilang tiniis. Hindi nagkulang ang Kaniyang pag-ibig nang dahil lamang sa Siya'y nagluwat; kundi batid Niyang kailangang matamo ang tagumpay [759]
para sa kanila, para kay Lazaro, para sa Kaniya rin, at para sa Kaniyang mga alagad.

"Dahil sa inyo," "upang kayo'y magsisampalataya." Sa lahat ng nag-uunat ng kanilang kamay upang damahin ang umaakay na kamay ng Diyos, ang sandali ng pinakamalaking panghihinawa at panlulupaypay ay ang sandali o panahong napakalapit na ang tulong ng Diyos. Paglingon nila sa kadilim-dilimang bahagi ng kanilang lakad ay magpapasalamat sila. "Nalalaman ng Panginoon na iligtas ang mga banal." 2 Pedro 2:9. Mula sa bawa't tukso at bawa't pagsubok ay ilalabas Niya silang may lalong matibay na pananampalataya at may lalong masaganang karanasan.

Sa pagpapaliban ni Kristo ng pagparoon kay Lazaro, mayroon Siyang panukala ng kaawaan para doon sa mga hindi tumanggap sa Kaniya. Siya'y nagluwat, upang pagbuhay Niya kay Lazaro sa mga patay, ay mabigyan Niya ang Kaniyang bayang matigas ang ulo at ayaw maniwala ng isa pang katunayan na Siya nga "ang pagkabuhay na mag-uli, at ang kabuhayan." Masaklap sa loob Niyang talikdan ang bayang kaawa-awa, na siyang naliligaw na mga tupa sa sambahayan ni Israel. Nadudurog ang Kaniyang puso sa di nila pagsisisi. Sa Kaniyang malaking awa'y binalak Niyang bigyan sila ng isa pang katunayan na Siya nga ang Nagpapagaling, ang Isa na siya lamang makapagbibigay ng buhay at ng kawalang-kamatayan. Ito'y isang katunayang hindi maisisinsay ng mga saserdote. Ito ang dahilan ng Kaniyang pagluluwat ng pagbalik sa Betanya. Ang pinakapamutong na kababalaghang ito, ang pagbuhay kay Lazaro, ay siyang magiging tatak ng Diyos sa Kaniyang gawain at sa Kaniyang pagaangking Siya ay Diyos.

Sa paglalakad Niya patungo sa Betanya, ay ginawa ni Jesus ang ayon sa ugali Niyang maglingkod sa mga maysakit at nangangailangan. Pagpasok Niya ng bayan ay nagpasabi Siya sa magkapatid na babae na Siya'y dumating na. Hindi Siya agad pumasok sa bahay, [760]

kundi namahinga muna Siya sa isang tahimik na lugar sa may daan. Ang malaking panlabas na pagpapakita ng pagtangis na ginagawa ng mga Hudyo sa pagkamatay ng mga kaibigan o mga kamag-anak ay hindi ayon sa espiritu ni Kristo. Narinig Niya ang ingay ng iyakan ng mga upahang tagaiyak, at hindi Niya ibig kausapin ang magkapatid na babae sa dakong magulo. Kabilang sa nagsisitangis na mga kaibigang ito ay mga kamag-anak ng pamilya, na ang iba ay may matataas na tungkulin sa Jerusalem. Nabibilang dito ang ilan sa mahihigpit na kaaway ni Kristo. Batid ni Kristo ang kanilang mga sadya, at dahil nga rito'y hindi agad Siya nagpakilala.

Tahimik na tahimik na nakarating kay Marta ang pasabi na anupa't walang ibang nakamalay. Dahil sa lubos na paghihinagpis ni Maria, ay hindi niya narinig ang pasabi. Nagtindig agad si Marta upang salubungin ang Panginoon, nguni't sa pag-aakala ni Mariang si Marta ay nagtungo sa libingan ni Lazaro, siya'y nakaupo na tahimik na tumatangis.

Giyagis ng naglalaban-labang damdaming si Marta ay nagmadali upang salubungin si Jesus. Natanaw niya sa magiliwing mukha ni Jesus ang dati ring pag-ibig at pagmamahal na lagi nang naroroon. Hindi kumukupas ang kaniyang pagtitiwala sa Kaniya, subali't naalaala niya ang kaniyang mahal na kapatid na lalaki, na mahal din naman ni Jesus. Taglay ang gumigiyagis na dalamhati sa kaniyang puso dahil sa di-agad pagdating ni Kristo, gayon pa ma'y umaasa pa ring kahit ngayon ay maaaring gumawa Siya ng anuman upang sila'y maaliw, siya ay nagwika, "Panginoon, kung naririto Ka, disin sana'y hindi namatay ang aking kapatid." Muli at muling inulit ng magkapatid ang mga salitang ito, sa gitna ng kaingayan at kaguluhan ng mga tagatangis.

Taglay ang kahabagang tiningnan ni Jesus ang kaniyang hapis
[761] at nangangalumatang mukha. Hindi nais ni Martang ulitin pang sabihin ang malungkot na nagdaan; ang lahat ay ipinahayag na lamang sa malungkot na pangungusap na, "Panginoon, kung naririto Ka, disin sana'y hindi namatay ang aking kapatid." Nguni't sa pagtingin sa mapagmahal na mukhang yaon, ay idinugtong niyang winika, "Nalalaman ko na ngayon man, anuman ang Iyong hingin sa Diyos, ay ibibigay ng Diyos sa Iyo." Pinalakas ni Jesus ang kaniyang pananampalataya, sa pagsasabing, "Ang iyong kapatid ay muling babangon." Ang sagot Niyang ito ay hindi upang magbigay ng pag-asa

tungkol sa kagyat na pagbabago. Dinala Niya ang isipan ni Marta sa ibayo pa roon ng kasalukuyang pagsasauling-buhay sa kaniyang kapatid, at itinuon sa pagkabuhay na mag-uli ng mga matwid. Ito'y ginawa Niya upang makilala ni Marta na ang pagkabuhay na muli ni Lazaro ay isang pangako ng pagkabuhay na muli ng lahat ng mga banal na namatay, at isang katiyakan o kasiguruhan na iyon ay gagawin sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Tagapagligtas.

Sumagot si Marta, "Talastas kong siya'y babangong muli sa pagkabuhay na mag-uli sa huling araw."

Pinagsisikapan pa ring mabigyan ng tunay na pamamatnubay ang kaniyang pananampalataya, ay sinabi ni Jesus, "Ako ang pagkabuhay na mag-uli at ang kabuhayan." Na kay Kristo ang buhay, buhay na orihinal, dihiram, walang-pinagkunan. "Ang kinaroroonan ng Anak ay kinaroroonan ng buhay." 1 Juan 5: 12. Ang pagkaDiyos ni Kristo ay siyang pag-asa o kasiguruhan ng sumasampalataya sa buhay na walang hanggan. "Ang sumasampalataya sa Akm," ani Jesus, "bagama't siya'y patay, gayunma'y mabubuhay: at ang sinumang nabubuhay at sumasampalataya sa Akin ay hindi na kailanman mamamatay." Sinasampalatayanan mo ba ito? Ang tinitingnan dito ni Kristo ay ang panahon ng Kaniyang ikalawang pagparito. Sa panahong yaon ang mga banal ay babangong walang-kasiraan, at ang mga banal na buhay ay dadalhin sa langit na di-rnakakatikim [762]
ng kamatayan. Ang kababalaghang malapit nang gawin ni Kristo, na pagbuhay kay Lazaro, ay siyang kumakatawan sa pagkabuhay na mag-uli ng lahat ng mga banal na nangamatay. Sa pamamagitan ng Kaniyang salita at mga gawa ay tahasan Niyang ipinahayag na Siya ang Maygawa ng pagkabuhay na mag-uli. Siya na malapit nang mamatay sa krus ay nakatayong taglay ang mga susi ng kamatayan, isang mananagumpay sa libingan, at pinatutunayan ang Kaniyang karapatan at kapangyarihan na magbigay ng buhay na walang-hanggan.

Sa mga salita ng Panginoong, "Sumasampalataya ka ba?" ay sumagot si Marta, "Oo, Panginoon: ako'y sumasampalataya na Ikaw ang Kristo, ang Anak ng Diyos, na paririto sa sanlibutan." Hindi niya natanto ang buong kahulugan ng mga salitang binitiwan ni Kristo, gayon pa man ay ipinagtapat niya ang kaniyang pananampalataya sa Kaniyang pagka-Diyos. at ang kaniyang pagtitiwala na kaya Niyang gawin ang anumang Kaniyang magalingin.

"At nang masabi niya ito, siya'y umalis, at tinawag na palihim si Mariang kapatid niya, na sinabi, Dumating na ang Panginoon, at tinatawag ka." Pabulong niyang sinabi ang balita, dahil sa nakahanda ang mga saserdote at ang mga pinuno na dakpin si Jesus sa sandaling magkaroon sila ng pagkakataon. Ang hagulhol ng mga tagapanangis ay siyang lumunod sa mga salita ni Marta kaya hindi narinig.

Pagkarinig ng balitang ito, madaling nagtindig si Maria, taglay ang kasabikang nakabadya sa mukha niya na siya'y lumabas ng silid. Sa pag-aakalang siya'y nagtungo sa libingan upang doon tumangis, nagsisunod sa kaniya ang mga tagapanangis. Nang dumating siya sa dakong tinigilan ni Jesus, nanikluhod siya sa paanan Niya, at nagwikang nanginginig ang mga labi, "Panginoon, kung narito Ka
[763] disin sana'y hindi namatay ang aking kapatid." Ang mga iyak ng mga tagapanangis ay masakit sa kaniya; sapagka't kinasasabikan niya na sila lamang dalawa ni Jesus ang sana'y magkapalitan ng ilang banayad na pangungusap. Nguni't alam niya ang pagkainggit at pananaghili kay Kristo ng ilan sa mga naroroon, at hindi niya lubos na maipahayag ang kaniyang dalamhati.

"Nang makita nga siya ni Jesus na tumatangis, at ang mga Hudyo rin namang dumating na kasama niya na tumatangis, dumaing Siya sa espiritu, at nabagabag." Nabasa Niya ang puso ng lahat ng nagkakatipon. Nakita Niyang sa ganang marami, ang pagiyak na iyon ay pakitang-tao lamang. Batid Niyang ang iba sa karamihang iyon, na ngayon ay nagpapamalas ng paimbabaw na pagkalungkot, ay hindi magtatagal at magbabantang patayin, hindi lamang ang manggagawa ng kababalaghan, kundi pati ng bubuhayin sa mga patay. Magagawa ni Kristong hubdan sila ng balabal ng paimbabaw na pagkalungkot. Subali't tinimpi Niya ang Kaniyang banal na kagalitan. Ang mga masasabi Niyang may buong katotohanan, ay Kaniyang pinigil, alang-alang sa isang minamahal na nakaluhod at tumatangis sa Kaniyang paanan, na tapat na sumasampalataya sa Kaniya.

"Saan ninyo siya inilibing?" tanong Niya. "Sinabi nila sa Kaniya, Panginoon, halika at tingnan Mo." Samasama silang nagtungo sa libingan. Kahambal-hambal na tanawin iyon. Si Lazaro ay lubhang pinakamamahal, at dahil sa kamya'y halos mawasak ang puso ng kaniyang mga kapatid sa pagtangis, samantala'y pati ng kaniyang mga naging kaibigan ay nagsisitangis ding kasama ng magkap-

atid na babae. Dahil sa ganitong kapighatian ng tao, at dahil sa pangyayaring nagsisitangis din ang nagdadalamhating mga kaibigan bagama’t nakatayo roon ang Tagapagligtas ng sanlibutan—“tumangis si Jesus.” Bagama’t Siya ay Anak ng Diyos, gayunma’y ibinihis Niya ang likas ng tao, at Siya’y naantig sa pagdadalamhati ng tao. Ang Kaniyang magiliwin at maawaing puso ay laging nakakaram- [764]
dam ng pakikiramay sa mga nagdurusa. Siya’y nakikitangis sa mga nagsisitangis at nakikigalak sa mga nagagalak.

Nguni’t hindi lamang dahil sa Kaniyang pakikiramay kay Maria at kay Marta kaya tumangis si Jesus. Sa Kaniyang mga pagiuha ay may kalungkutang lalong mataas kaysa kalungkutan ng tao na gaya ng langit na lalong mataas kaysa lupa. Ang tinangisan ni Kristo ay hindi si Lazaro sapagka’t sandali na lamang at tatawagin na Niya siya buhat sa libingan. Siya’y tumangis sapagka’t ang maraming noo’y tumatangis dahil kay Lazaro ay agad magbabalak na patayin Siya na siyang pagkabuhay na mag-uli at ang kabuhayan. Nguni’t hinding-hindi kayang ipaliwanag nang tumpak ng mga disumasampalatayang Hudyo ang Kaniyang mga pagluha! Ang mga iba na walang nakikitang dahilan ng Kaniyang pagtangis kundi ang mga pangyayaring hayag na nakikita sa harap nila, ay marahang nagsipagsabi, “Masdan ninyo kung gaanong iniibig Niya siya!” Mayroon namang iba, na ang hangad ay magpunla ng binhi ng dipananampalataya sa puso ng mga kaharap, ay pakutyang nagsalita, “Itong Taong ito na nagpadilat ng mga mata ng mga bulag, hindi kaya Niya kaya na ang taong ito ay huwag mamatay?” Kung may kapangyarihan si Kristo na iligtas si Lazaro, bakit Niya pinayagang siya’y mamatay?

Taglay ang paningin ng hula, nakita ni Kristo ang pagkagalit ng mga Pariseo at mga Saduseo. Batid Niyang binabalak nilang Siya’y patayin. Batid Niya na ang ibang sa malas ay parang mga kaibigan ngayon ay malapit nang magpinid laban sa kanila na ring mga sarili ng pinto ng pag-asa at ng mga pintuan ng Siyudad ng Diyos. Malapit nang maganap ang isang pangyayari, na ang Kaniyang pagkaduhagi at pagkapako sa krus, ay hahantong sa pagkagiba ng Jerusalem, at sa panahong yaon ay wala nang tatangis sa mga patay. Malinaw na malinaw ang pagkakalarawan sa harap Niya ng dumarating na [765]
kagalitang bubugso sa Jerusalem. Natanaw Niyang ang Jerusalem ay nakukubkob ng mga kawal na Romano. Talos Niyang ang maraming

ngayo'y tumatangis kay Lazaro ay mamamatay sa pagkubkob na ito, at tuloy mawawalan ng pag-asa sa kanilang pagkamatay.

Hindi lamang dahil sa mga natatanaw Niyang ito kaya tumatangis si Kristo. Ang bigat ng mga kadalamhatian ng lahat ng mga panahon ay pasan Niya. Natanaw Niya ang kakila-kilabot na mga bunga ng pagsuway sa kautusan ng Diyos. Natanaw Niya ang kasaysayan ng sanlibutan, buhat sa pagkamatay ni Abel, na walang humpay ang paglalaban ng mabuti at masama. Sa pagtanaw Niya sa mga panahong dumarating, ay namasdan Niya ang kahirapan at kalungkutan, ang mga pagluha at kamatayan, na siyang magiging palad ng buhay ng tao. Ang daing ng sangkatauhan sa buong panahon sa lahat ng lupain ay tumimo sa Kaniyang puso. Ang mga hirap ng nagkasalang sangkatauhan ay matindi ang bigat sa Kaniyang kaluluwa, at nabuksan ang balong ng Kaniyang mga luha sa paghahangad Niyang mahatdan sila ng ginhawa.

"Si Jesus nga ay muling nagbuntung-hininga at nagtungo sa libingan." Si Lazaro ay inilibing sa isang yungib na bato, at isang malaking bultong bato ang inilagay sa bunganga ng libingan. "Alisin ninyo ang bato," ani Kristo. Sa pag-aakala ni Martang hangad lamang Niyang makita ang bangkay, ay sinabi niyang ang bangkay ay apat na araw nang nalilibing, at nagpapasimula nang mabulok. Ang mga salitang ito, na sinabi bago binuhay si Lazaro, ay siyang hindi nagpahintulot sa mga kaaway na kanilang masabing si Kristo'y nagdaya. Sa nakaraan ay namalita ang mga Pariseo ng mga kabulaanan tungkol sa mga kahanga-hangang pagkakahayag ng kapangyarihan ng Diyos. Nang buhayin ni Kristo ang dalagang anak ni Jairo, ay sinabi Niya, "Ang dalaga ay hindi patay, kundi natutu-
[766] log." Marcos 5:39. Sapagka't sandali lamang siyang nagkasakit, at binuhay kaagad pagkamatay, ipinamalita ng mga Pariseong hindi talagang patay ang dalaga; at si Kristo na rin ang nagsabing siya'y natutulog lamang. Sinikap nilang ipakilala na talagang hindi nagpapagaling ng sakit si Kristo, na ang sinasabing mga kababalaghan ay hinahaluan ng daya o lalang. Nguni't sa pangyayaring ito, walang makapagkakailang si Lazaro ay talagang patay.

Pagka ang Panginoon ay may isang bagay na gagawin may isa namang inuudyukan si Satanas upang tumutol. "Alisin ninyo ang bato," sabi ni Kristo. Ayon sa inyong magagawa, humanda kayong tumulong sa Akin. Nguni't iginiit ni Marta ang katigasan

ng kaniyang ulo. Ayaw ni yang ipalabas ang nabubulok na katawan. Ang puso ng tao ay makupad umunawa ng mga salita ni Kristo, at hindi nahagip ng pananampalataya ni Marta ang tunay na kahulugan ng Kaniyang pangako.

Sinansala ni Kristo si Marta, nguni't ang mga salita Niya ay binigkas nang napakabanayad. "Hindi ba sinabi Ko sa iyo, na kung ikaw ay sasampalataya, ay makikita mo ang kaluwalhatian ng Diyos?" Bakit mo pag-aalinlanganan ang Aking kapangyarihan? Bakit ka pa nangangatwiran bilang pagtutol sa Aking mga iniuutos? Paniwalaan mo ang Aking sinabi. Kung ikaw ay sasampala taya, makikita mo ang kaluwalhatian ng Diyos. Ang mga katutubong hadlang ay hindi makapipigil sa gawain ng Isang Makapangyarihan. Ang pag-aalinlangan at di-paniniwala ay hindi kapakumbabaan. Ang wagas na paniniwala sa salita ni Kristo ay siyang tunay na kapakumbabaan, tunay na pagsuko.

"Alisin ninyo ang bato." Maaaring utusan ni Kristong umalis ang bato, at tatalima iyon sa Kaniyang tinig. Maaari Niyang utusan ang mga anghel sa tabi Niya na gawin ito. Magsalita lamang Siya, ay mga kamay na dinakikita ang mag-aalis ng bato. Nguni' ang kailangan ay mga kamay ng tao ang mag-alis. Sa ganito nais [767] ipakilala ni Kristo na ang tao'y dapat makipagtulungan sa Diyos. Ang magagawa ng tao ay hindi na kailangang gawin ng Diyos. Hindi niwawalang-halaga ng Diyos ang tulong ng tao. Bagkus pinalalakas siya, na tinutulungan siya habang ginagamit niya ang lakas at kakayahang ibi nibigay sa kaniya.

Ang utos ay tinalima. Iginulong ang bato. Lahat ay ginawang lantaran at may pagkukusa. Lahat ay binigyan ng pagkakataong makakita na walang kadayaang ginawa. Naroo't nakahiga ang bangkay ni Lazaro sa batong libingan, malamig at tahimik sa kamatayan. Napatigil ang mga iyak at hagulhol ng mga tagatangis. Gulat at natigilan, ang pulutong ng mga tao ay nagsitayo sa paligid ng libingan, na naghihintay ng kung ano pa ang susunod.

Tahimik na nakatindig si Kristo sa harap ng libingan. Isang banal na katahimikan ang naghari sa lahat na naroroon. Saka humakbang si Kristo palapit sa libingan. Tumingala Siya sa langit, at nagsabi, "Ama, Ako'y nagpapasalamat sa Iyo na Ako'y dinirinig Mo." Hindi pa naluluwatang pinaratangan si Kristo ng pamumusong ng Kaniyang mga kaaway, at nagsidampot sila ng mga bato

upang ipukol sa Kaniya dahil sa inangkin Niyang Siya ay Anak ng Diyos. Pinagbintangan nila Siya na ang ginagawa Niyang mga kababalaghan ay sa kapangyarihan ni Satanas. Nguni't dito'y inaangkin ni Kristong ang Diyos ay siya Niyang Ama, at may ganap na pagtitiwalang sinasabi Niya na Siya ang Anak ng Diyos.

Sa lahat ng mga ginawa Niya, si Kristo'y nakikipagtulungan sa Kaniyang Ama. Laging matapat Niyang pinag-ingatang ipamalas na hindi Siya nag-iisang gumagawa; ang lahat ng mga kababalaghan ay ginawa Niya sa pamamagitan ng pananampalataya at pananalangin.
[768] Hangad Niyang matalos ng lahat ang Kaniyang pagkakaugnay sa Kaniyang Ama. "Ama," ang wika Niya, "Ako'y nagpapasalamat sa Iyo na Ako'y dinirinig Mo. At batid Kong Ako'y lagi Mong dinirinig: nguni't dahil sa mga taong nakatayo ngayon ay sinabi Ko ito, upang sila'y magsisampalatayang Ako'y sinugo Mo." Dito'y bibigyan Niya ang mga alagad at ang mga tao ng lalong kapanipaniwalang katibayan ng pagkakaugnay ni Kristo at ng Diyos. Ipakikilala sa kanila na ang inaangkin ni Kristo ay hindi kadayaan.

"At nang masabi na Niya ito, ay sumigaw Siya nang malakas, Lazaro, lumabas ka." Ang Kaniyang tinig na malinaw at nanunuot ay naglagos sa tainga ng patay. Nang Siya'y magsalita, ang kaluwalhatian ng pagka-Diyos ay kumislap at naglagusan sa Kaniyang katawang-tao. Sa Kaniyang mukha, na pinapagliliwanag ng kaluwalhatian ng Diyos, ay namasdan ng mga tao ang katiyakan ng Kaniyang kapangyarihan. Lahat ng mata ay nakapako sa pinto ng libingan. Lahat ng tainga ay nakakiling upang mapakinggan ang kahina-hinalang kaluskos. Lahat ay naghihintay na taglay ang masidhi at nakaiinip na pananabik sa ikasusubok sa pagka-Diyos ni Kristo, na siyang katibayang magpapatunay sa Kaniyang inaangking Siya'y Anak ng Diyos, o kaya'y mamatay na ang kanilang pagasa magpakailanman.

May kumaluskos sa loob ng tahimik na libingan, at yaong namatay ay nakatayo sa pinto ng libingan. Ang mga galaw nito ay napipigilan ng mga damit na ibinihis dito nang ito'y mamatay, kaya sinabi ni Kristo sa mga nagulat na nagsisipanood, "Kalagan ninyo siya at pawalan." Dito ay muling ipinakikilala sa kanila na ang tao ay dapat makipagtulungan sa Diyos. Ang tao ay dapat gumawa sa tao. Si Lazaro ay pinalaya na, at nakatindig sa harap ng pulutong ng mga tao, hindi na payat dahil sa pagkakasakit, hindi na nanginginig ang

mga paa't kamay, kundi isang lalaking nasa kasiglahan ng buhay, [769]
malusog at marangal na lalaki. Ang kaniyang mga mata ay kumikislap sa katalinuhan at pagmamahal sa kaniyang Tagapagligtas. Siya'y nagpatirapa at sumamba sa paanan ni Jesus.

Sa pasimula'y naumid sa pagtataka ang mga nanonood. Pagkatapos ay sumunod ang di-mailarawang pagkakatuwa at pasasalamat. Tinanggap ng magkapatid na babae ang kanilang kapatid na lalaking nabuhay sa mga patay na parang aginaldo ng Diyos, at may luha ng katuwaang sila'y nagpasalamat sa Tagapagligtas sa paputolputol na pangungusap. Datapwa't samantalang ang magkakapatid ay nagkakatuwa sa ganitong pagsasama-samangmuli, si Jesus naman ay umalis doon. Nang hanapin nila ang Nagbigay-buhay, ay hindi
nila Siya masumpungan. [770]

# Kabanata 59—Mga Lihim na Pakana ng mga Saserdote

Ang kabanatang ito ay batay sa Juan 11:47-54.

Ang Betanya ay napakalapit sa Jerusalem kaya ang balita tungkol sa pagkabuhay kay Lazaro ay nakasapit agad sa lungsod. Sumakamay agad ng mga pinunong Hudyo ang mga bagay na nangyari sa pamamagitan ng mga tiktik na nakasaksi sa kababalaghan. Madaling tumawag ng pulong ang Sanedrin upang pagpasiyahan kung ano ang nararapat gawin. Lubos ngayong ipinakilala ni Kristo na hawak ng Kaniyang kapangyarihan ang kamatayan at ang libingan. Ang makapangyarihang kababalaghang yaon ay siyang pinakapamutong na katibayang maibibigay ng Diyos sa mga tao na sinugo Niya ang Kaniyang Anak sa sanlibutan upang sila'y iligtas. Isang pagpapakita iyon ng kapangyarihan ng Diyos na sapat magpapaniwala sa bawa't taong may malinaw na pag-iisip at may budhing naliwanagan. Maraming nakakita sa pagbuhay na muli kay Lazaro na nagsisampalataya kay Jesus. Nguni't ang galit naman ng mga saserdote sa Kaniya ay lalong sumidhi. Tinanggihan na nila ang lahat ng maliliit na katibayan ng Kaniyang pagka-Diyos, at ang bagong kababalaghang ito ay nagpaalab na lalo ng kanilang galit. Ang patay ay binuhay sa buong liwanag ng araw, at sa harap ng
[771] maraming nakakita. Ang ganitong pangyayari ay hindi maipaliliwanag na isang salamangka lamang. At dahil nga dito kaya lalong tumindi at nag-ulol ang galit ng mga saserdote. Lalo nilang ipinasiya't pinagpilitang mapatigil ang paggawa ni Kristo.

Ang mga Sadueeo, bagama't hindi kaayon ni Kristo, ay hindi naman galit na galit sa Kaniyang tulad ng mga Pariseo. Hindi napakatindi ang galit nila sa Kaniya. Nguni't ngayon ay lubos silang nag-alaala. Hindi sila naniniwala sa pagkabuhay na mag-uli ng mga patay. Sa pamamagitan ng tinatawag nilang siyensiya, ay ikinatwiran nilang hinding-hindi mangyari na ang isang patay na katawan ay pagsaulian pa ng buhay. Nguni't sa mga ilang salita

lamang ni Kristo ay nadaig na ang kanilang teorya. Napagkilalang sila'y walang kaalam-alam sa mga Kasulatan at sa kapangyarihan ng Diyos. Wala silang makitang paraan upang mapawi sa isip ng mga tao ang kababalaghan. Paano nga nila maihihiwalay sa Kaniya ang mga tao ngayong matagumpay Niyang naagaw ang isang patay mula sa libingan? Ikinalat nila ang mga bulaang balita, gayunma'y hindi napasinungalingan ang kababalaghan, at hindi nila maalaman kung paano mahahadlangan ang bisang nagagawa nito. Hanggang sa mga sandaling ito ay hindi pa rin mapahinuhod ang mga Sadueeo sa panukalang ipapatay si Kristo. Subali't nang buhayin na si Lazaro ay ipinasiya nilang sa pamamagitan lamang ng pagpapatay kay Kristo mapatitigil ang walang-takot Niyang mga pagtuligsa o pagsaway sa kanila.

Ang mga Pariseo naman ay naniniwala sa pagkabuhay na maguli, at malinaw nilang nakikita na ang kababalaghang ito ay isang katibayang Siya nga ang Mesiyas. Datapwa't buhat pa sa pasimula ay sinalungat na nila ang mga paggawa ni Kristo. Sa pasimula pa ay galit na sila sa Kaniya dahil sa inilantad Niya ang kanilang mapagpaimbabaw na mga pagkukunwari. Sinira Niya't isinaisantabi ang [772] balabal ng mahihigpit na mga rito at mga seremonyang pinagkukublihan nila ng kanilang mga pangit na kaugalian. Ang dalisay na relihiyong Kaniyang itinuro ay humatol sa kanilang mababaw na pagpapanggap ng kabanalan. Kinauuhawan nilang makapaghiganti sa Kaniya dahil sa matatalim Niyang sumbat sa kanila. Pinagsikapan nilang mamungkahi Siya na magwika o gumawa ng anumang bagay na makapagbibigay sa kanila ng pagkakataong Siya'y mahatulan. Makailang pinagtangkaan nilang Siya'y batuhin, nguni't Siya'y tahimik na nakatatalilis, at Siya'y nawawala sa kanilang paningin.

Ang mga kababalaghang ginawa Niya sa araw ng Sabbath ay pawang sa ikagiginhawa ng mga may karamdaman, nguni't sinikap ng mga Pariseong Siya'y hatulang lumalabag sa Sabbath. Pinagsikapan nilang mapagalit ang mga Herodiano laban sa Kaniya. Sinabi nilang Siya ay nagtatayo ng isang kalabang kaharian, at nakipagsanggunian sa mga ito kung paano nila Siya mapupuksa. Upang magalit naman sa Kaniya ang mga Romano, inilarawan nila Siya na nagsisikap salungatin ang kanilang kapangyarihan. Ginawa nila ang lahat ng paraan upang hindi Niya maimpluwensiyahan ang mga tao. Nguni't bigo rin ang lahat nilang mga panukala at mga pagtatangka.

Napatunayan ng maraming nakakita ng Kaniyang mga gawa ng kaawaan at nakarinig ng Kaniyang dalisay at banal na mga turo na ang mga iyon ay hindi mga gawa at mga salita ng isang manlalabag sa Sabbath o ng isang mamumusong. Maging ang mga kawal na inutusan ng mga Pariseo ay naimpluwensiyahan nang gayon na lamang ng Kaniyang mga salita na anupa't hindi nila nagawang Siya'y pagbuhatan ng kamay. Palibhasa'y wala na silang malamang gawin ay pinagkaisahan nilang ipag-utos na sinumang taong magpahayag ng
[773] pagsampalataya kay Jesus ay ititiwalag o palalayasin sa sinagoga.

Kaya, nang magtipun-tipon ang mga saserdote, ang mga pinuno, at ang mga matatanda upang magsanggunian sa dapat nilang gawin, matibay nilang pinagkaisahan na patahimikin Siya na gumawa ng mga gayong ka gila-gilalas na mga gawang pinagtakhan ng lahat. Lalong malaki ang pagkakaisa ngayon ng mga Pariseo at mga Saduceo kaysa nang una. Bagama't magkalaban sila noon, ngayon nama'y nagkaisa na sila sa paglaban kay Kristo. Sa mga kapulungan ng Sanedrin noong una, si Nicodemo at si Jose ay siyang tumutol na mahatulan si Jesus, at dahil sa pangyayaring ito ay hindi na sila ipinatawag ngayon. May mga ibang taong maimpluwensiya na kaharap sa kapulungan na naniniwala kay Jesus, nguni't hindi nanaig ang impluwensiya nila laban sa nag-iinapoy na mga Pariseo.

Gayunman ang mga kagawad ng kapulungan ay hindi nagkaisang lahat. Nang panahong ito ang Sanedrin ay hindi isang kapulungang itinakda ng batas. Umiiral ito sa kagandahang-loob o kapahintulutan ng Roma. Ang iba sa mga kagawad nito ay hindi naniwalang dapat ipapatay si Kristo. Nangamba silang baka ito lumikha ng isang gulo o paghihimagsik ng mga tao, at sa gayo'y bawiin tuloy ng mga Romano sa mga saserdote ang pagtinging iniuukol sa kanila, at alisin ang kapangyarihang hawak na nila. Ang mga Saduceo naman ay buo ang pagkakaisa sa kanilang pagkapoot kay Kristo, nguni't nag-iingat din sila sa kanilang mga pagkilos, palibhasa'y nangangamba silang alisin sa kanila ng mga Romano ang mataas nilang katayuan.

Sa kapulungang ito, na sadyang tinawag upang balakin ang pagpatay kay Kristo, ay kaharap ang Saksing nakarinig ng mga paghahambog ni Nabueodonosor, na nakasaksi sa piging sa mga diyos-diyusan ni Belsasar, na naroon nang ipahayag ni Kristo sa Nazareth na Siya nga ang Pinahiran. Ang Saksing ito ay siya ngay-
[774] ong nagsasabi o nag-uudyok sa mga pinuno ng gawaing dapat nilang

gawin. Ang mga pangyayari sa buhay ni Kristo ay nagbangong muli sa harap nila nang buong linaw na anupa't ikinabahala nila. Naalaala nila ang nangyari sa templo, nang si Jesus, na noo'y bata pang lalabindalawahing taon ang gulang, ay tumayo sa harap ng mga dalubhasa sa kautusan, at tinanong sila ng mga katanungang ipinagtaka't ipinanggilalas nila. Ang kababalaghang kagagawa pa lamang ay nagpatunay na si Jesus nga ang siyang talagang Anak ng Diyos. Biglang dumating sa kanilang pag-iisip ang tunay na kahulugan ng mga sinabi ng mga Kasulatan ng Matandang Tipan tungkol kay Kristo. Sa kagulumihanan at kabagabagan, ang mga pinuno ay nagtanung-tanungan, "Ano ang ginagawa natin?" Nagkabaha-bahagi ang kapulungan. Palibhasa'y sumasailalim ng pagkikintal ng Banal na Espiritu, hindi maalisalis sa kalooban ng mga saserdote at mga pinuno ang paniniwalang sila'y lumalaban sa Diyos.

Nang ang kapulungan ay walang-wala nang maisipang gawin, tumindig si Caifas na dakilang saserdote. Si Caifas ay isang taong mayabang at malupit, mabalasik at walang-katwiran. Kabilang sa kaniyang mga kamag-anakan ay mga Saduceo, mayayabang, matatapang, walangpakundangan, puno ng ambisyon at kalupitan, na ang lahat ng ito ay itinatago nila sa loob ng balabal na pakunwaring kabanalan. Pinag-aralan ni Caifas ang mga hula, at bagaman hindi niya batid ang tunay na kahulugan ng mga ito, ay nagsalita siyang taglay ang dakilang kapangyarihan at katiyakan: "Kayo'y walang nalalamang anuman, ni inyo mang niwawari na sa inyo'y nararapat na ang isang tao ay mamatay dahil sa bayan, at hindi ang buong bansa ay mapahamak." Kahit na si Jesus ay walang-kasalanan, giit ng dakilang saserdote, ay dapat din Siyang mamatay. Siya'y manggugulo, na pinalalapit ang mga tao sa Kaniya, at pinahihina tuloy ang kapangyarihan ng mga namumuno. Iisa lamang Siya; mabuti [775]
pang di palak ang Siya'y mamatay kaysa manghina ang kapangyarihan ng mga namumuno. Kung mawawalan ng tiwala ang bayan sa mga namumuno sa kanila, babagsak ang kapangyarihan ng bansa. Iginiit ni Caifas na pagkatapos ng kababalaghang ito ay malamang na maghimagsik ang mga alagad ni Jesus. Kung magkagayo'y magsisipasok ang mga Romano, wika niya, at isasara ang ating templo, at aalisin ang ating mga batas o mga kautusan, at tayo'y lilipulin bilang isang bansa. Ano na nga ang halaga ng isang Galileong ito kung ihahambing sa buhay ng bansa? Kung Siya'y nakahahadlang

sa ikabubuti ng Israel, hindi ba isang paglilingkod sa Diyos na alisin Siya? Higit na mabuting ang isang tao ay mamatay kaysa ang buong bansa ay malipol.

Sa pagsasabi ni Caifas na dapat mamatay ang isang tao para sa bansa, ipinakilala niyang siya'y may bahagyang kabatiran sa mga hula. Nguni't nang saysayin ni Juan ang pangyayaring ito, ay tinalakay niya ang hula, at ipinakilala ang malawak at malalim na kahulugan nito. Sinasabi niya, "At hindi dahil sa bansa lamang, kundi upang matipon din naman Niya sa isa ang mga anak ng Diyos na nagsisipangalat." Kaylabo nga ng pagkakilala ng palalong si Caifas sa misyon ng Tagapagligtas!

Sa mga labi ni Caifas ay nabaligtad ang mahalagang katotohanang ito at naging isang kasinungalingan. Ang palakad na kaniyang ipinayo ay salig sa isang simulaing hiniram sa paganismo. Sa mga pagano, ang malabong pagkakilala na ang isa ay dapat mamatay para sa sangkatauhan ay humantong sa paghahandog ng mga buhay ng tao bilang mga hain. Kaya nga iminungkahi ni Caifas na ihandog si Jesus upang ang bansang salarin ay iligtas, hindi mula sa kasalanan, kundi sa kasalanan, upang sila'y makapagpatuloy sa pagkakasala. At sa ganito niyang pangangatwiran ay
[776] inisip niyang patahimikin ang mga pagtutol ng mga magsisipangahas na magsabing hanggang ngayon ay wala pang nasusumpungang karapat-dapat na kadahilanan upang patayin si Jesus.

Sa kapulungang ito ay nasumbatang lubha ang mga kaaway ni Kristo. Kinintalan ng Espiritu Santo ang kanilang mga pag-iisip. Nguni't sinikap ni Satanas na sila'y supilin. Ipinaalaala nito sa kanila na marami nang kapinsalaan o mga kapighatian ang tiniis nila dahil kay Kristo. Babahagya Niyang pinansin o iginalang ang kanilang kabanalan. Ipinakita Niya ang isang kabanalang higit na dakila, na dapat taglayin at maangkin ng lahat ng may ibig maging mga anak ng Diyos. Hindi Niya pinansin ang kanilang mga rito at mga seremonya, kundi bagkus itinuro Niyang lumapit sila nang tuwiran sa Diyos na isang maawaing Ama, at sabihin ang kanilang mga kailangan. Kaya nga, sa palagay nila, ay isinaisantabi at niwalang halaga Niya ang tungkulin ng saserdote. Tinanggihan Niyang kilalanin ang teolohiya ng mga paaralan ng mga rabi. Ibinunyag Niya ang mga masasamang gawa ng mga saserdote, at lubos na sinira ang kanilang impluwensiya. Sinira Niya ang bisa ng mga salawikain at mga sali't

saling sabi nila, na sinasabing bagama't mahigpit nilang ipinatutupad ang kautusang rituwal, ay niwawalang-bisa naman nila ang kautusan ng Diyos. Ang lahat ng ito ay ipinaalaala ngayon ni Satanas sa kanila.

Sinabi ni Satanas sa kanila na upang mapamalagi nila ang kanilang kapangyarihan, ay dapat nilang ipapatay si Jesus. Ang payong ito ay siya nilang sinunod. Ang pangyayaring baka sila mawalan ng kapangyarihang hawak na nila noon, naisip nila, ay sapat na itong dahilan upang gawin nila ang ganitong kapasiyahan. Maliban sa ilang ayaw mangahas magsalita ng kanilang mga niloloob, tinanggap ng Sanedrin ang mga salita ni Caifas na parang mga salita ng Diyos. Pumayapa ang kapulungan; nahinto ang pagtatalo. Ipinasiya nilang ipapatay si Kristo sa unang pagkakataon. Nang tanggihan ng mga [777]
saserdote at mga pinunong ito ang katunayan ng pagka-Diyos ni Jesus, ay nilukuban sila ng salimuot na kadiliman. Sumailalim silang lubos sa kapangyarihan ni Satanas, upang ibulid nito sa walang-hanggang kapahamakan. Gayon pa ma'y gayon na lamang ang pagkakadaya sa kanila na anupa't nasiyahan sila sa kanilang mga sarili. Itinuring nilang sila'y mga bayani, na ang sinisikap ay ang ikaliligtas ng bansa.

Gayunman, nangamba pa rin ang Sanedrin na gumawa ng mararahas na hakbang laban kay Jesus, sapagka't baka magalit ang mga tao, at sila ang bagsakan ng karahasang binabalak nila kay Jesus. Dahil dito ay iniliban muna ng kapulungan na ipatupad ang hatol o kapasiyahang pinagtibay nila. Batid ng Tagapagligtas ang lihim na pinapakana ng mga saserdote. Batid Niyang talagang pinagmimithian nilang Siya'y maipapatay, at malapit nang matupad ang kanilang panukala. Nguni't hindi naman Niya tungkuling papagmadaliin ang mahigpit na kalagayang ito, at kaya nga Siya'y umalis sa dakong yaon, at isinama ang Kaniyang mga alagad. Kaya sa pamamagitan ng sarili Niyang halimbawa ay muling tinupad ni Jesus ang tagubiling ibinigay Niya sa Kaniyang mga alagad, "Pagka kayo'y pinag-usig nila sa bayang ito, ay magsitakas kayo tungo sa kasunod na bayan." Mateo 10:23. Malawak ang bukirang dapat gawan para sa pagliligtas ng mga kaluluwa; at malibang pagtatapat sa Kaniya ang humihingi nito, ay hindi dapat ipain ng mga lingkod ng Panginoon ang kanilang mga buhay.

Ngayon ay tatlong taon nang naglilingkod si Jesus sa sanlibutan. Ang ipinakita Niyang halimbawa ng pagkakait sa sarili at mapagtiis at mapagtapat, ay batid ng lahat. Datapuwa't ang maigsing panahong ito ng tatlong taon ay siyang haba ng panahong kayang matiis ng sanlibutan ang pakikiharap ng kaniyang Manunubos.

Ang buhay Niya ay isa na lipos ng pag-uusig at paghamak.
[778] Pinalayas sa Bethlehem ng isang haring mapanaghiliin, itinakwil sa Nazareth ng sarili Niyang mga kababayan, hinatulang mamatay nang walang kadahi-dahilan sa Jerusalem, si Jesus, kasama ang ilang mga tapat Niyang alagad, ay nakasumpong ng pansamantalang tuluyan sa ibang bayan. Siya na laging nahahabag sa pamimighati ng mga tao, na nagpagaling ng mga maysakit, nagpadilat ng mata ng mga bulag, nagsauli ng pandinig sa mga bingi, nagpasalita sa mga pipi, na nagpakain sa mga nagugutom at umaliw sa mga nalulumbay, ay pinalayas ng mga taong sinikap Niyang paglingkuran upang mailigtas. Siya na lumakad sa ibabaw ng naglalakihang mga alon, at sa isang salita lamang ay pinatahimik ang nagngangalit nitong mga ugong, na nagpalayas ng mga demonyo na nagsikilalang Siya nga ang Anak ng Diyos, na gumising sa pagkakahimbing ng patay, na pinatigagal ang mga libu-libo sa pamamagitan ng Kaniyang mga salita ng karunungan, ay walang nagawa upang maantig ang mga puso ng mga binulag ng maling-pagkakilala at pagkapoot, at buong
[779] katigasan-ng-ulong nagsitanggi sa liwanag.

# Kabanata 60—Ang Kautusan ng Bagong Kaharian

Ang kabanatang ito ay batay sa Mateo 20:20-28; Marcos 10:32-45; Lukas 18:31-34.

Lumalapit na ang panahon ng Paskuwa, at muling pumihit si Jesus papuntang Jerusalem. Nasa Kaniyang puso ang kapayapaan ng ganap na pakikipagkaisa sa kalooban ng Ama, at may kasabikan sa mga paghakbang na nagpatuloy Siya patungo sa pook na paghahandugan. Nguni't isang damdamin ng kahiwagaan, ng pag-aalinlangan at pagkatakot ang lumukob sa mga alagad. Ang Tagapagligtas ay "nangunguna sa kanila: at sila'y nangagtaka; at habang sila'y nagsisisunod, ay sila'y nangatakot."

Muling tinawag ni Kristo ang Labindalawa sa palibot Niya, at inilahad Niya sa kanila nang tiyak na tiyak, na Siya ay ipagkakanulo at maghihirap. "Narito," winika Niya, "nagsisiahon tayo sa Jerusalem, at ang lahat ng mga bagay na isinulat ng mga propeta tungkol sa Anak ng tao ay mangagaganap. Sapagka't Siya'y ibibigay sa mga Hentil, at Siya'y aalimurahin, at duduwahaginin, at luluraan: at kanilang papaluin Siya, at papatayin Siya: at sa ikatlong araw ay muling magbabangon Siya. At wala silang napag-unawa sa mga bagay na ito: at ang sabing ito ay nalingid sa kanila, at hindi nila napagtalastas ang sinabi." [780]

Hindi ba't kapapahayag pa lamang nila sa lahat ng dako na, "Ang kaharian ng langit ay malapit na"? Hindi ba't si Kristo na rin ang nangako na marami ang uupong kasama ni Abraham at ni Isaac at ni Jacob sa kaharian ng Diyos? Hindi ba Siya ang nangako na ang lahat ng nag-iwan ng anuman alang-alang sa Kaniya ay tatanggap nang makasandaang higit sa buhay na ito, at may bahagi pa sa Kaniyang kaharian? At hindi ba Siya ang nagbigay sa labindalawa ng tanging pangako ng matataas na tungkulin ng karangalan sa Kaniyang kaharian—na uupo sa mga luklukan o mga trono upang humatol sa labindalawang angkan ni Israel? Ngayon pa man ay kasasabi pa Niya na ang lahat ng mga bagay na nasusulat sa mga

propeta ay dapat matupad. At hindi ba hinulaan ng mga propeta ang maluwalhating paghahari ng Mesiyas? Sa liwanag ng mga isiping ito, ay parang malabo at madilim ang mga salita Niya tungkol sa pagkakanulo, paguusig at pagkamatay Niya. Sa palagay niJa, ano pa mang kahirapan ang humadlang ay malapit na ring matayo at matatag ang kaharian.

Si Juan, na anak ni Zebedeo, ay isa sa unang dalawang alagad na sumunod kay Jesus. Siya at ang kapatid niyang si Santiago ay kabilang sa unang pulutong na nag-iwan ng lahat upang maglingkod sa Kaniya. Buong kagalakang iniwan nila ang kanilang tahanan at mga kaibigan upang makasama lamang Niya; lumakad silang kasama Niya at nakipag-usap sa Kaniya; nakasama nila Siya sa mga tahanan, at sa mga kapulungang pambayan. Pinayapa Niya ang kanilang mga pangamba, iniligtas sila sa panganib, nilunasan ang kanilang mga pagdurusa, inaliw ang kalungkutan nila, at tinuruan silang may pagtitiyaga at pagmamahal, hanggang sa ang mga puso nila ay waring napakawing sa Kaniyang puso, at sa init ng kanilang pag-ibig ay minithi nilang maging pinakamalapit sa Kaniya
[781] sa Kaniyang kaharian. At sa tuwing magkakaroon ng pagkakataon, laging lumalagay si Juan sa tabi ng Tagapagligtas, at si Santiago naman ay nagnasa ring magkaroon ng karangalan na mapaugnay nang malapit sa Kaniya.

Ang kanilang ina ay isang alagad ni Kristo, at ipinaglingkod nito sa Kaniya ang buong kaya nito. Dala ng pag-ibig at hangarin ng ina para sa mga anak, ay hinangad nitong maibigay sa kanila ang pinakamarangal na lugar sa bagong kaharian. Dahil sa bagay na ito ay inudyukan nito sila na gumawa ng kahilingan ukol dito.

Ang mag-iina ay magkakasamang lumapit kay Jesus, at hiningi nilang ipagkaloob Niya ang kahilingang minimithi ng kanilang puso.

“Ano ang ibig ninyong sa inyo’y Aking gawin?” tanong Niya.

Ang ina ay sumagot, “Ipagkaloob Mo na itong aking dalawang anak ay magsiupo, ang isa ay sa Iyong kanan, at ang isa ay sa Iyong kaliwa, sa Iyong kaharian.”

Sila’y magiliw na pinagtiisan ni Jesus, na di-pinagwikaan ang kanilang kasakiman sa paghahangad na matampok sa ibabaw ng kanilang mga kapatid. Nababasa Niya ang kanilang mga puso, at alam Niya ang lalim ng kanilang pag-ibig sa Kaniya. Ang pag-ibig nila ay hindi isa lamang karaniwang pag-ibig ng tao; na bagama’t

pinarumi ng pagiging-makalupa ng taong dinadaluyan nito, ito nama'y isang agos na nagbubuhat sa bukal ng Kaniyang sariling tumutubos na pag-ibig. Hindi Siya susuwat, kundi bagkus ito'y palalalimin Niya at dadalisayin. Sinabi Niya, "Mangakaiinom baga kayo sa sarong Aking iinuman, at mangababautismuhan sa bautismo na ibinautismo sa Akin?" Naalaala nila ang Kaniyang mahihiwagang mga salita, na tumutukoy sa pagsubok at paghihirap, gayunma'y buong pagtitiwala silang sumagot, "Mangyayari." Ituturing nilang kataas-taasang karangalan na patunayan ang kanilang pagkamatapat sa pamamagitan ng pakikibahagi sa lahat ng sasapitin ng kanilang [782]
Panginoon.

"Katotohanang iinuman ninyo ang Aking saro, at sa bautismo na ibinautismo sa Akin ay babautismuhan kayo," wika Niya; sa harap Niya'y naroon ang krus at hindi trono, dalawang makasalanan ang kasama Niya na isa'y sa Kaniyang kanan at isa'y sa Kaniyang kaliwa. Si Juan at si Santiago ay kapwa magkakaroon ng bahagi sa paghihirap ng kanilang Panginoon; ang isa, na una sa mga kapatid ay mamamatay sa tabak; ang isa pa, ay magtitiis ng pinakamatagal sa lahat ng paghihirap, at pagkadusta, at pag-uusig.

"Datapwa't ang maupo sa Aking kanan, at sa Aking kaliwa," patuloy Niya, "ay hindi sa Akin ang pagbibigay, kundi yaon ay para sa kanila na pinaghandaan ng Aking Ama." Sa kaharian ng Diyos, ang tungkulin ay hindi natatamo sa pamamagitan ng paboritismo o pagtatangi. Hindi ito nakakamtan, ni tinatanggap man sa pamamagitan ng sapilitan. Ito ay bunga ng likas. Ang korona at ang trono ay mga tanda ng isang kalagayang naabot; ang mga ito ay tanda ng pagtatagumpay-sa-sarili sa pamamagitan ng ating Panginoong Jesukristo.

Pagkaraan ng maluwat na panahon, nang maparamay na ang mga alagad sa mga hirap ni Kristo, ay ipinakita ng Panginoon kay Juan kung ano ang kalagayan ng pagiging-malapit sa Kaniyang kaharian. "Ang magtagumpay," sinabi ni Kristo, "ay Aking pagkakaloobang umupong kasama Ko sa Aking luklukan, gaya Ko naman na nagtagumpay, at umupong kasama ng Aking Ama sa Kaniyang luklukan." "Ang magtagumpay ay gagawin Kong haligi sa templo ng Aking Diyos, at hindi na siya lalabas pa doon: at isusulat Ko sa kaniya ang pangalan ng Aking Diyos,.. at ang Aking sariling bagong pangalan." Apocalipsis 3:21, 12. Kaya si Pablong apostol ay sumu-

[783] lat, "Sapagka't ako'y iniaalay na, at ang panahon ng aking pagpanaw ay dumating na. Nakipagbaka ako ng mabuting pakikipagbaka, natapos ko na ang aking takbo, iningatan ko ang pananampalataya: buhat ngayon ay natataan sa akin ang korona ng katwiran, na ibibigay sa akin ng Panginoon, na tapat na Hukom, sa araw na yaon." 2 Timoteo 4:6-8.

Ang isang tatayo sa pinakamalapit kay Kristo ay ang sa lupa'y iinom ng pinakamarami sa diwa ng Kaniyang mapagsakripisyong pag-ibig—pag-ibig na "hindi nagmamapuri, hindi mapagpalalo, ... hindi hinahanap ang kaniyang sarili, hindi nayayamot, hindi inaalumana ang masama" (1 Corinto 13:4, 5)—pag-ibig na nagpapakilos sa alagad, gaya nang kilusin nito ang ating Panginoon, na ibigay ang lahat, na mamuhay at gumawa at magpakasakit, hanggang sa kamatayan, sa ikaliligtas ng sangkatauhan. Ang diwang ito ay siyang nahayag sa buhay ni Pablo. Sinabi niya, "Sapagka't sa ganang akin ang mabuhay ay si Kristo;" sapagka't inihayag ng kaniyang buhay si Kristo sa mga tao; "at ang mamatay ay pakinabang"—pakinabang kay Kristo; ang kamatayan na rin ay maghahayag ng kapangyarihan ng Kaniyang biyaya, at magtitipon ng mga kaluluwa sa Kaniya. "Dadakilain si Kristo sa aking katawan," wika niya, "maging sa papamagitan ng kabuhayan o sa pamamagitan ng kamatayan." Filipos 1:21, 20.

Nang marinig ng sampu ang kahilingan ni Santiago at ni Juan, lubha silang nayamot. Ang kataas-taasang tungkulin sa kaharian ay siyang minimithing kamtin ng bawa't isa sa kanila, at ikinagalit nila ang pangyayari na tila mandin nakalamang sa kanila ang dalawang alagad.

Waring babangon na naman ang pagtatalo tungkol sa kung sino ang magiging pinakadakila, kaya ng tawagin Niya sila, ay sinabi Niya sa nagagalit na mga alagad, "Nalalaman ninyo na yaong mga inaaring mga pinuno ng mga Hentil ay nangapapanginoon sa kanila;
[784] at ang sa kanila'y mga dakila ay nagsisigamit ng kapamahalaan sa kanila. Datapwa't sa inyo ay hindi gayon."

Sa mga kaharian ng sanlibutan, ang tungkulin ay nangangahulugang pagpapadakila sa sarili. Ang mga tao ay ipinalalagay na nabubuhay sa kapakinabangan ng mga namumuno. Ang impluwensiya, kayamanan, at pinagaralan, ay siyang mga paraang ginagamit ng mga lider upang makontrol nila ang mga tao. Ang mga nakatataas

ay siyang umiisip, nagpapasiya, nagtatamasa, at nagpupuno; at ang mabababa naman ay dapat sumunod at maglingkod. Ang relihiyon, katulad ng lahat ng mga iba pang bagay, ay isang bagay na sa lakasan. Ang mga tao'y inaasahang maniniwala at gaganap nang ayon sa iniuutos ng mga nakatataas sa kanila. Ang karapatan ng tao bilang tao, na umiisip at gumagawa sa ganang kaniyang sarili, ay lubos na di-kinikilala.

Nagtatatag si Kristo ng isang kaharian sa iba namang mga simulain. Tumawag Siya ng mga tao, hindi sa kapangyarihan, kundi sa paglilingkod, na ang malakas ay dapat magbata ng mga kahinaan ng mga mahihina. Ang kapangyarihan, tungkulin, talento. at pinag-aralan, ay inilalagay ang nagtataglay nito sa ilalim ng lalong malaking sagutin na maglingkod sa kaniyang mga kapwa. Maging sa pinakamababa sa mga alagad ni Kristo ay sinasabi, "Ang lahat ng mga bagay ay dahil sa inyo." 2 Corinto 4:15.

"Ang Anak ng tao ay hindi naparito upang paglingkuran, kundi upang maglingkod, at ibigay ang Kaniyang buhay na pantubos sa marami." Sa gitna ng Kaniyang mga alagad, si Kristo ay isang tunay na katiwala, isang tagapasan ng dalahin. Nakisama Siya sa kanilang kahirapan, nagkait Siya sa Kaniyang sarili dahil sa kanila, nagpauna Siya sa kanila upang ayusin ang mahihirap na mga lugar, at wawakasan Niya ang Kaniyang gawain sa lupa sa pamamagitan ng pag-aalay ng Kaniyang buhay. Ang simulaing isinakatuparan ni [785]
Kristo ay ginawa Niya upang magpakilos sa mga kaanib ng iglesya na siya Niyang katawan. Ang panukala at saligan ng kaligtasan ay pag-ibig. Sa kaharian ni Kristo ang mga pinakadakila ay yaong mga nagsisisunod sa halimbawang Kaniyang ibinigay, at gumaganap bilang mga pastor ng Kaniyang kawan.

Ang mga salita ni Pablo ay naghahayag ng tunay na dignidad at karangalan ng kabuhayang Kristiyano: "Bagaman ako ay malaya sa lahat ng mga tao, gayunma'y napaalipin ako sa lahat," "na hindi ko hinahanap ang aking sariling kapakinabangan, kundi ang sa marami, upang sila'y mangaligtas." 1 Corinto 9:19; 10:33.

Sa mga bagay na ukol sa budhi ay hindi dapat panghimasukan ang tao. Walang sinumang dapat kumontrol sa isip ng iba, dapat humatol sa iba, o dapat mag-atas ng kaniyang tungkulin. Nagbibigay ang Diyos sa bawa't kaluluwa ng layang umisip, at sumunod sa sarili niyang mga paniniwala. "Bawa't isa sa atin ay magbibigay-sulit sa

Diyos ng kaniyang sarili." Walang karapatan ang sinumang ipaloob ang kaniyang sarili sa pagkatao ng iba. Sa lahat ng mga bagay na may kinalaman sa simulain, "bawa't isa'y magtibay sa kaniyang sariling pag-iisip." Roma 14:12, 5. Sa kaharian ni Kristo ay walang paniniil ng namumuno, ni wala rin namang pamimilit. Ang mga anghel sa langit ay hindi nananaog sa lupa upang mamuno, at upang mag-atas na sila'y igalang o sambahin, kundi bilang mga sugo ng kaawaan, ay upang makipagtulungan sa mga tao sa ikaaangat ng kalagayan ng sangkatauhan.

Ang mga simulain at ang mga salita ng turo ng Tagapagligtas, sa banal na kagandahan ng mga ito, ay napaukit sa alaala ng minamahal na alagad. Hanggang sa mga huling araw niya ang naging diin ng patotoo ni Juan sa mga iglesya ay, "Ito ang pasabing inyong narinig
[786] bu- hat nang pasimula, na mangag-ibigan tayo sa isa't isa." "Dito'y nakikilala natin ang pag-ibig ng Diyos, sapagka't Kaniyang ibinigay ang Kaniyang buhay dahil sa atin: at nararapat nating ibigay ang ating mga buhay dahil sa mga kapatid." 1 Juan 3:11, 16.

Ito ang diwang umiral at namayani sa unang iglesya. Nang maibuhos na ang Espiritu Santo, "ang karamihan ng mga nagsisampalataya ay nangagkakaisa ang puso at kaluluwa: sinuma'y walang nagsabing kaniyang sarili ang anuman sa mga bagay na kaniyang inaari." "Walang sinumang nagsasalat sa kanila." "At pinatotohanan ng mga apostol na may dakilang kapangyarihan ang pagkabuhay na mag-uli ng Panginoong Jesus: at dakilang biyaya ang sumasakani-
[787] lang lahat." Mga Gawa 4:32, 34, 33.

# Kabanata 61—Si Zaqueo

Ang kabanatang ito ay batay sa Lukas 19:1-10.

Sa daang patungo sa Jerusalem "si Jesus ay pumasok at nagdaan sa Jerico." Mga ilang milya buhat sa Jordan, sa kanlurang hangganan ng libis na doo'y nakalatag ang isang kapatagan, ay naroon ang siyudad sa gitna ng luntiang kalikasan at ng masaganang kagandahan. Sa taglay nitong mga punong palma at nagyayabungang mga halamanan na dinidilig ng mga buhay na bukal, ito'y kumikislap na tulad ng isang esmeralda sa gitna ng mabatong mga gulod at mapanglaw na mga banging nakapagitan sa Jerusalem at sa siyudad ng kapatagan.

Maraming pulutong ng mga manlalakbay na patungo sa pista ang nagdaraan sa Jerico. Ang pagdating ng mga ito ay lagi nang isang panahon ng pagsasaya, nguni't ngayon ay isang lalong matiim na kasabikan ang nakaligalig sa mga tao. Nabalita na ang Rabing Galileo na hindi pa nalalaunang bumuhay kay Lazaro ay kabilang sa mga pulutong na ito; at bagama't malaganap ang mga bulungbulungan tungkol sa mga lihim na pinapakana ng mga saserdote, gayunma'y sabik pa rin ang marami na Siya'y ukulan ng paggalang o pagsamba.

Ang Jerico ay isa sa mga lungsod na ibinukod nang unang panahon para sa mga saserdote, at nang panahong ito ay malaking bilang [788]
ng mga saserdote ang naninirahan doon. Nguni't sa lungsod ay marami pang iba't ibang mga namamayan. Ito ay siyang krus na daan, at doo'y nasusumpungan ang mga pinuno at mga kawal na Romano, at mga iba pang nagbuhat sa kung saan-saang dako, samantala'y ginawa rin itong tahanan ng maraming mga maniningil ng buwis dahil sa narito ang adwana.

"Ang pinuno ng mga maniningil ng buwis," na si Zaqueo, ay isang Hudyo, at siya'y kinamumuhian ng kaniyang mga kababayan. Ang kaniyang kalagayan at kayamanan ay gantimpala ng isang hanap-buhay na kinasusuklaman nila, at ito'y itinuturing nilang isa

pang tawag o pangalan sa kawalang-katarungan at panghuhuthot. Nguni't ang mayamang maniningil ng buwis na ito ay hindi naman lubos na masamang tao ng sanlibutan na gaya ng inaakala. Sa ilalim ng anyong makasanlibutan at palalo ay naroon ang isang pusong madaling maantig ng kapangyarihan ng Diyos. Nabalitaan na ni Zaqueo si Jesus. Ang balitang Siya'y maawain at mapitagan sa mga taong kaawaawa ay lumaganap nang lubos. Ito ang gumising sa damdamin ng pinunong ito ng mga maniningil ng buwis na maghangad ng isang higit na mabuting kabuhayan. Ang Jordan ay ilang milya lamang ang layo buhat sa Jerico, na doon nangangaral si Juan Bautista, at napakinggan ni Zaqueo ang panawagan sa pagsisisi. Ang bilin sa mga maniningil ng buwis na, "Huwag na kayong sumingil pa nang higit kaysa utos sa inyo" (Lukas 3:13), bagama't hayagang di-pinapansin, ay nakapukaw sa kaniyang isip. Batid niya ang mga Kasulatan, at naniniwala siyang mali ang kaniyang ginagawa. Ngayon, pagkarinig niya ng mga salita na ibinalitang buhat sa Dakilang Guro, naramdaman niyang siya'y isang makasalanan sa paningin ng Diyos. Nguni't ang mga nabalitaan niya tungkol
[789] kay Jesus ay siyang bumuhay ng ka- niyang pag-asa. Maaari pa rin siyang magsisi at magbago ng kabuhayan; hindi ba't ang isa sa mga bago't pinagtitiwalaang alagad ng Guro ay isang maniningil ng buwis? Dahil dito'y sinunod agad ni Zaqueo ang iniuudyok ng kaniyang budhi, at pinasimulan niyang isauli ang mga dinaya niya sa mga pinagkasalahan niya.

Pinasimulan na niyang magbalik sa kaniyang nilakaran, nang sa buong Jerico ay dumating ang balita na si Jesus ay pumapasok na sa bayan. Ipinasiya ni Zaqueo na Siya'y makita. Nagpapasimula nang madama niya kung gaano kapait ang mga bunga ng kasalanan, at kung gaano kahirap ang landas na tatahakin ng isang nagsisikap na umalis sa daan ng kamalian. Ang mapagkamalan, mapaghinalaan at di-pagtiwalaan sa pagsisikap na iwasto ang kaniyang mga pagkakamali, ay napakahirap bathin. Minithi ng puno ng maniningil ng buwis na mamasdan ang mukha Niyaong nagbigay ng pag-asa sa kaniyang puso.

Siksikan sa mga tao ang mga daan, at si Zaqueo, palibhasa'y pandak, ay wala siyang makita kundi panay na mga ulo ng tao. Walang may ibig magparaan sa kaniya; kaya, siya'y tumakbong nagpauna sa karamihan, sa dakong mayroong malaking puno ng

igos na ang malabay na sanga ay nakayungyong sa daan, at doo'y umakyat ang mayamang maniningil ng buwis at naupo sa malabay na sanga, at mula roo'y minasdan niya ang pagdaraan ng karamihan sa ilalim ng kinaroroonan niyang sanga. Lumapit ang karamihan, dumaraan, at sabik na nilisa ng mga mata ni Zaqueo ang isang taong pinagmimithian niyang makita.

Sa ibabaw ng mga ungol ng mga saserdote at mga rabi at ng mga sigaw ng pagtanggap buhat sa karamihan, ang di-mabigkas na pagnanasang yaon ng puno ng maniningil ng buwis ay nagsalita sa puso ni Jesus. Walang anu-ano, sa ilalim ng nakayungyong na puno
ng igos, ay biglang tumigil ang isang pulutong, ang pulutong na nasa [790]
unahan at nasa hulihan ay nangapatda rin, at may Isan'g tumingala [791]
na ang titig ay waring nanunuot at nakababasa ng kaluluwa. Halos di-makapaniwala sa kaniyang mga nadarama, ang lalaking nasa itaas ng punungkahoy ay nakarinig ng mga salitang, "Zaqueo, magmadali ka, at bumaba ka; sapagka't ngayo'y kinakailangang Ako'y tumuloy sa bahay mo."

Bumaba si Zaqueo at nagbigay ng daan ang karamihan, at parang nananaginip na siya'y lumakad na pauwi sa kaniyang sariling tahanan. Datapwa't ang mga rabi ay pawang nangakasimangot, at sa pagkainis ay palibak na nangagbubulungan, "Siya'y pumasok na nanunuluyan sa isang taong makasalanan."

Si Zaqueo ay nagulumihanan, namangha, at natigilan sa pag-ibig at pagpapakababang ipinamalas ni Kristo sa pakikitungo sa kaniya, na isang lubhang di-karapat-dapat. Ngayon ang pag-ibig at pagtatapat sa kaniyang bagongnatagpuang Panginoon ay nagbukas ng kaniyang mga labi. Gagawa siya nang hayagang pagpapahayag ng kaniyang kasalanan at ng kaniyang pagsisisi.

Sa harap ng karamihan, "si Zaqueo ay nagtindig, at sinabi sa Panginoon, Narito, Panginoon, ang kalahati ng aking mga pag-aari ay ibinibigay ko sa mga dukha; at kung sakali't nakasingil akong may daya sa kaninumang tao, ay isinasauli ko nang makaapat.

"At sinabi sa kaniya ni Jesus, Dumating sa bahay na ito ngayon ang pagkaligtas, sapagka't siya'y anak din naman ni Abraham."

Nang ang mayamang binatang pinuno ay tumalikod kay Jesus, ay nangamangha ang mga alagad sa sinabi ng kanilang Panginoon, "Kayhirap na magsipasok sa kaharian ng Diyos ang mga nagsisiasa sa mga kayamanan!" Sila'y nangapabulalas sa isa's isa, "Sino nga

[792] kaya ang makaliligtas?" Ngayo'y ipinakita sa kanila ang katotohanan ng mga salita ni Kristo, "Ang mga bagay na dimangyayari sa mga tao ay may pangyayari sa Diyos." Marcos 10:24, 26; Lukas 18:27. Nakita nila ngayon, kung paanong sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos, ang isang mayaman ay makapapasok sa kaharian.

Bago tumingin si Zaqueo sa mukha ni Kristo, ay sinimulan na muna niyang gawin ang bagay na nagpakilalang siya'y tapat na nagsisisi. Bago siya paratangan ng sinumang tao, ay ipinahayag na niya ang kaniyang kasalanan. Sumuko siya sa isinusumbat ng Banal na Espiritu, at sinimulan na niyang isagawa ang turong isinulat para sa matandang Israel at para sa atin din naman. Noon pa mang unang panahon ay sinabi na ng Panginoon, "Kung maghirap ang iyong kapatid at manlupaypay sa iyong piling, ay iyo siyang aalalayan na patutuluyin mo, na manunuluyan sa iyong parang tagaibang-bayan at nakikipamayan. Huwag kang kukulia sa kaniya ng patubo o pakinabang, kundi matakot ka sa iyong Diyos: patuluyin mo ang iyong kapatid. Ang iyong salapi ay huwag mong ibibigay sa kaniya na may patubo, ni ibibigay mo man sa kaniya na may pakinabang ang iyong pagkain." "Huwag kayong magdadayaan; kundi matakot kayo sa inyong Diyos." Levitico 25:35-37, 17. Ang mga pangungusap na ito ay sinalita mismo ni Kristo nang Siya'y nalulukuban ng haliging ulap, at kauna-unahang tugon ni Zaqueo sa pag-ibig ni Kristo ay ang magpakita ng kahabagan sa mga dukha at mga naghihirap.

May samahan ang mga naniningil ng buwis, kaya sila'y nakasisingil sa mga tao nang labis at labis, at wala namang makatutol sa kanilang mga pagdaraya. Sa kanilang panghuhuthot o paniningil nang labis ay isinasakatuparan lamang nila ang bagay na naging isa nang malaganap na kaugalian. Pati mga saserdote at mga rabi na nagsisihamak sa kanila ay nagkakasala rin ng pagpapayaman
[793] sa kanilang mga sarili sa pamamagitan ng mga gawang pagdaraya na tinatakpan ng kanilang banal na tungkulin. Nguni't si Zaqueo naman kapag karakang siya'y sumuko sa kapangyarihan ng Espiritu Santo, ay kaniya nang isinaisantabi o iniwan ang lahat ng gawang labag sa kalinisang-budhi.

Ang pagsisisi ay hindi tunay kung hindi gumagawa ng pagbabago. Ang katwiran o kabanalan ni Kristo ay hindi isang balabal na itatakip sa kasalanang hindi ipinahahayag at hindi iniiwan; ito'y isang simulain ng buhay na bumabago sa likas at kumukontrol sa

pag-uugali. Ang kabanalan ay pagiging-buo sa Diyos; ito ay ang buong pagpapasakop ng puso at buhay upang mapanirahanan ng mga simulain ng langit.

Sa paghahanap-buhay ng Kristiyano ay ipakikita niya sa sanlibutan ang paraan ng gagawing paghahanap-buhay ng ating Paginoon. Sa bawa't transaksiyon o pagbibilihan ay ipakikita niyang Diyos ang kaniyang guro. "Kabanalan sa Panginoon" ang siyang mga salitang dapat masulat sa mga "libro de entrada," sa mga katibayan, sa mga resibo, at sa mga salaping panukli. Ang mga nagsasabing sila'y mga alagad ni Kristo, at naghahanap-buhay sa likong pamamaraan, ay mga nagsisinungaling laban sa likas ng isang banal, makatarungan, at maawaing Diyos. Bawa't taong nahihikayat, tulad ni Zaqueo, ay magpapakilalang pinapapasok niya si Kristo sa kaniyang puso sa pamamagitan ng pagtalikod sa mga likong gawain na nakita sa dati niyang pamumuhay. Katulad ng pinuno ng mga maniningil ng buwis, patutunayan niya ang kaniyang katapatan sa pagsasauli ng kaniyang mga dinaya. Sinasabi ng Panginoon, "Kung isauli ng masama ang sanla, ibigay uli ang kinuha sa pagnanakaw, lumakad sa mga palatuntunan ng buhay, na di-gumagawa ng kasamaan; ... wala sa kaniyang mga kasalanan na kaniyang nagawa na babanggitin laban sa kaniya: ... siya'y walang pagsalang mabubuhay." Ezekiel 33:15, 16. [794]

Kung nakapinsala tayo sa iba sa alinmang likong transaksiyon sa hanapbuhay, kung nagmalabis o nanlamang tayo sa pagbibilihan, o kaya'y nandaya sa sinumang tao, kahit na ito'y ipinahihintulot ng batas, ay dapat nating ipagtapat o ipahayag ang ating kasalanan, at tayo'y gumawa ng pagsasauli sa abot ng aling makakaya. Matwid na isauli natin hindi lamang ang kinuha natin, kundi ang lahat din naman ng magiging kabuuan kung sakaling ito'y ginamit sa mabuti at wastong paghahanapbuhay sa loob ng panahong ito'y napasaatin.

Kay Zaqueo ay sinabi ng Tagapagligtas, "Dumating sa bahay na ito ngayon ang pagkaligtas." Hindi lamang si Zaqueo ang tumanggap ng pagpapala, kundi ang buong kasambahay din naman niya. Tumuloy si Kristo sa kaniyang bahay upang bigyan siya ng mga aral ng katotohanan, at upang turuan ang kaniyang mga kasambahay sa mga bagay ng kaharian. Sila'y itiniwalag na sa mga sinagoga dahil sa yamot ng mga rabi at ng mga sumasamba; nguni't ngayon, sila ang pinakamapalad sa lahat ng sambahayan sa buong Jerico, sila'y

nagkatipon sa sarili nilang tahanan sa palibot ng banal na Guro, at sila'y nakinig sa mga salita ng buhay.

Pagka si Kristo'y tinatanggap bilang personal na Tagapagligtas ay saka dumarating ang kaligtasan sa kaluluwa. Tinanggap ni Zaqueo si Jesus, hindi lamang bilang isang pansamantalang panauhin sa kaniyang tahanan, kundi bilang Isa na tatahan sa kaluluwang templo. Pinaratangan siyang isang makasalanan ng mga eskriba at mga Pariseo, nangagbulung-bulungan sila laban kay Kristo sa pagiging panauhin niya, subali't kinilala siya ng Panginoon bilang isang anak ni Abraham. Sapagka't "ang mga sa pananampalataya,
[795] ang mga yaon ay mga anak ni Abraham." Galacia 3:7.

# Kabanata 62—Ang Piging sa Bahay ni Simon

Ang kabanatang ito ay batay sa Mateo 26:6-13; Marcos 14:3-11, Lukas 7:36-50; Juan 11:55-57; 12:1-11.

Si Simong taga-Betanya ay ibinilang na isang alagad ni Jesus. Siya'y isa sa ilang Pariseo na lantarang nakisama sa mga tagasunod ni Kristo. Kinilala niyang si Jesus ay isang guro, at inasahan niyang Siya nga ang Mesiyas, subali't hindi naman niya Siya tinanggap na isang Tagapagligtas. Ang kaniyang likas ay hindi pa nababago; ang kaniyang mga simulain ay hindi pa nag-iiba.

Si Simon ay pinagaling sa sakit na ketong, at ito ang naglapit sa kaniya kay Jesus. Hangad niyang ipakita ang kaniyang pagtanaw ng utang-na-loob, at kaya nga sa huling pagdalaw ni Kristo sa Betanya ay ipinaghanda niya ng isang piging ang Tagapagligtas at ang Kaniyang mga alagad. Ang piging na ito ay dinaluhan ng maraming mga Hudyo. Nang panahong ito ay nagkaroon ng malaking alingasngas sa Jerusalem. Si Kristo at ang Kaniyang mga kilos ay matamang minatyagan ng maraming nagsidalo, at ang mga iba nito ay pasukab kung tumingin.

Nang dumating ang Tagapagligtas sa Betanya ay anim na araw pa bago magpaskuwa, at gaya ng pinagkaugalian Niya ay namahinga muna Siya sa tahanan nina Lazaro. Ang mga lipumpon ng mga naglalakbay na dumaan sa lungsod ay siyang nagkalat ng balitang [796]
Siya'y nasa daan nang patungo sa Jerusalem, at Siya'y titigil sa Betanya upang magpahinga sa araw ng Sabbath. Masiglang-masigla ang mga tao. Marami ang nagsidagsa sa Betanya, ang mga iba ay dahil sa pakikiramay kay Jesus, at ang iba naman ay sa paghahangad na makita ang isa na binuhay sa mga patay.

Marami ang umasang sila'y makakarinig kay Lazaro ng kahanga-hangang paglalahad ng mga pangyayaring nasaksihan sa panahon ng kaniyang kamatayan. Sila'y nagtaka nang siya'y walang maibalita. Wala siyang masabing anuman na may ganitong uri. Sinasabi ng kinasihang Salita, "Ang patay ay walang nalalamang anumang bagay.

... Ang kanilang pag-ibig, at ang kanilang pagtatanim, at ang kanilang pananaghili, ay nawala na ngayon." Eclesiastes 9:5, 6. Datapwa't may kahanga-hangang sinabi si Lazaro tungkol sa ginawa ni Kristo. Dahil sa bagay na ito kaya siya binuhay mula sa mga patay. May katiyakan at kapangyarihang sinabi niya na si Jesus ay Anak ng Diyos.

Ang mga balitang ibinalik sa Jerusalem ng mga nagsidalaw sa Betanya ay lalong nagpalala sa alingasngas. Sabik ang mga tao na makita at marinig si Jesus. Ang tanung-tanungan ng lahat ay kung sasama si Lazaro sa Kaniya sa Jerusalem, at kung ang propeta ay puputungan ng korona bilang hari sa panahon ng Paskuwa. Nahalata ng mga saserdote at ng mga pinuno na humihina na ang kanilang impluwensiya sa bayan, at kaya nga lalong tumindi ang kanilang pagkapoot kay Jesus. Hindi na halos sila makapaghintay sa pagkakataon na Siya'y mawala na sa kanilang landas magpakailanam. Nang lumipas ang mga oras, nagpasimula silang mangamba na maaaring hindi na Siya paroroon sa Jerusalem. Naalaala nilang madalas Niyang biguin ang kanilang mga tangkang pagpatay sa Kaniya, at nangamba sila na ngayo'y nabasa na naman
[797] Niya ang kanilang mga iniisip laban sa Kaniya, kaya hindi Siya dumarating, Hindi nila maipaglihim ang kanilang pag-aalaala, kaya't sila'y nagtanung-tanungan, "Anong akala ninyo, hindi na kaya Siya paririto sa pista?"

Tumawag ng pulong ang mga saserdote at mga Pariseo. Buhat nang buhayin si Lazaro ay napapanig nang lubos kay Kristo ang damdamin ng bayan na anupa't magiging mapanganib kung Siya'y lantarang darakpin. Kaya ipinasiya ng mga maykapangyarihan na Siya'y hulihin nang palihim, at litisin din nang palihim. Inasahan nilang pagka nalantad na ang hatol sa Kaniya, ang pabagu-bagong damdamin ng mga tao ay mapapasapanig nila.

Sa ganitong paraan binalak nilang patayin si Jesus. Datapwa't batid ng mga saserdote at ng mga rabi, na hangga't nabubuhay si Lazaro ay hindi sila namamanatag. Habang humihinga ang lalaking apat na araw nang nailibing, at sa pamamagitan ng isang salita ni Jesus ay binuhay na muli, ay malao't madali'y lilikha ng reaksiyon. Maghihiganti ang bayan sa kanilang mga lider dahil sa pagkitil sa buhay ng Isang gumawa ng gayong himala. Dahil dito'y ipinasiya rin ng Sanedrin na pati si Lazaro ay dapat mamatay. Hanggang sa

ganito inaakay ng pananaghili at pagkagalit ang kanilang mga alipin. Naragdagan ang poot at di-paniniwala ng mga pinunong Hudyo hanggang sa ibig pa nilang kitlin ang buhay ng isang hinango sa libingan ng walang-hanggang kapangyarihan ng Diyos.

Samantalang ang ganitong lihim na pakana at pagsasabuwatan ay nagaganap sa Jerusalem, naanyayahan naman si Jesus at ang Kaniyang mga kaibigan sa piging ni Simon, na pinagaling Niya sa nakapandidiring sakit, ito'y nasa isang panig, at sa kabilang panig naman ay naroon si Lazaro, na binuhay Niya mula sa mga patay.
Si Marta ang naglilingkod sa hapag kainan, nguni't si Maria na- [798]
man ay matamang nakikinig sa bawa't salitang namumutawi sa mga [799]
labi ni Jesus. Ayon sa malaki Niyang awa, ay ipinatawad ni Jesus ang mga kasalanan ni Maria, tinawag ang minamahal niyang kapatid mula sa libingan, at kaya nga nalipos ang puso ni Maria ng malaking utang na loob at pasasalamat. Narinig niyang sinabi ni Jesus ang tungkol sa nalalapit Niyang kamatayan, at sa malabis niyang pag-ibig at pagkalungkot ay ninais niyang Siya'y parangalan. Sa malaking sakripisyo ay bumili siya ng isang kahong alabastro ng "ungguwentong taganas na nardo, na totoong mahalaga," upang ibuhos sa katawan ni Jesus. Subali't ngayon ay marami ang nagsasabing Siya'y puputungan na ng korona upang gawing hari. Ang kalungkutan niya ay nahalinhan ng katuwaan, at sabik na sabik siyang siya ang maunang makapagparangal sa kaniyang Panginoon. Binasag niya ang kaniyang kahon ng ungguwento, at ibinuhos niya ang laman nitong pabango sa ulo at mga paa ni Jesus; pagkatapos, nanikluhod siyang umiiyak, na binabasa ang mga ito ng kanyang mga luha, at pinunasan ang mga paa ni Jesus ng kaniyang mahaba't alun-along buhok.

Sinikap niyang makaiwas sa mata ng lahat, at ang mga kilos naman niya ay nakalampas nang di-napansin, nguni't ang silid ay pinuno ng humahalimuyak na kabanguhan ng ungguwento, at ito ang naglantad sa lahat ng ginagawa niya. Ganap na di-naibigan ni Judas ang gawang ito. Sa halip na hintayin ang sasabihin ni Kristo tungkol sa bagay na iyon, agad niyang ibinulong sa mga kalapit niya ang kaniyang pagtutol sa bagay na iyon, at ibinunton kay Kristo ang sisi sa pagpapabaya sa gayong pag-aaksaya. May katusuhang ginawa niya ang mga mungkahi na malamang na lumikha ng pagkawalang pagtingin.

Si Judas ang taga-ingat ng salapi ng mga alagad, at sa maliit nilang naiipon ay palihim siyang kumukuha para sa sarili niyang
[800] pangangailangan, kaya naman ka- karampot na ang natitira. Ibig niyang maisilid sa supot ang lahat niyang makukuha. Ang laman ng supot ay madalas gamitin upang iabuloy sa mga dukha; at pagka may biniling sa palagay ni Judas ay hindi kailangan, ay sinasabi niyang, Bakit nag-aaksaya nang ganito? bakit hindi isinilid ang salapi sa supot na dala-dala ko para sa mga dukha? Ngayon ang ginawa ni Maria ay ibangiba sa masakim na asal ni Judas, kaya ito'y napahiya; at ayon sa kaugalian nito, sinikap nitong magbigay ng karapat-dapat na dahilan ng kaniyang pagtutol. Binalingan nito ang mga alagad, at nagwika, "Bakit hindi ipinagbili ang ungguwentong ito ng tatlong daang denaryo, at ibigay sa mga dukha? Ito'y sinabi nga niya, hindi sapagka't ipinagmamalasakit niya ang mga dukha; kundi sapagka't siya'y magnanakaw, at yamang nasa kaniya ang supot, ay kinukuha niya ang doon ay inilalagay." Si Judas ay walang pag-ibig sa mga dukha. Kung ipinagbili ni Maria ang ungguwento, at ibinigay sa kaniya ang pinagbilhan, ay hindi rin makikinabang ang mga dukha.

Mataas ang palagay ni Judas sa kaniyang sariling kakayahan. Ang akala niya'y higit siyang mahusay humawak ng salapi kaysa sa mga kapwa niya alagad, at naakay niya silang gayon ang ipalagay sa kaniya. Nakuha na niya ang kanilang pagtitiwala, at malakas ang kaniyang impluwensiya sa kanila. Ang pakunwari niyang pagmamahal sa mga dukha ay siyang dumaya sa kanila, at ang tuso niyang pamamarali ang naging sanhi upang pag-alinlanganan nila ang pagtatalaga at katapatan ni Maria. Kaya't nagpalipat-lipat ang bulung-bulungan sa palibot ng hapag, "Ano ang layon ng pag-aaksayang ito? Sapagka't ang ungguwentong ito'y maipagbibili sa malaking halaga, at maibibigay sa mga dukha."

Naulinigan ni Maria ang mga salitang pumupuna. Nagimbal ang loob niya. Natatakot siyang baka siya'y sisihin ng kaniyang kapatid
[801] at sabihing siya'y nagtata- pon ng salapi. Maaari rin namang siya'y ituring ng Panginoon na walang pagtitipid. Tatalilis na sana siya nang walang kasali-salita, nang marinig niya ang tinig ng kaniyang Panginoon, "Pabayaan ninyo siya; bakit ninyo siya binabagabag?" Nakita ng Panginoong siya'y napahiya at nag-aalaala. Batid Niyang sa ginawang ito ay ibig ni Mariang ipakilala ang kaniyang pasasalamat sa pagkakapagpatawad sa kaniyang mga kasalanan, at inaliw

Niya ang loob nito. Inilakas-lakas Niya ang Kaniyang tinig upang mangibabaw sa bulong ng pamumuna, na sinabi, "Mabuting gawa ang ginawa niya sa Akin. Sapagka't laging nasa inyo ang mga dukha, at kung kailanman ibigin ninyo ay nangyayaring magawan ninyo sila ng magaling: datapwa't Ako'y hindi laging nasa inyo. Ginawa niya ang kaniyang nakaya; nagpauna na siya na pahiran ang katawan Ko sa paglilibing sa Akin."

Ang humahalimuyak na kaloob na binalak ni Mariang ipahid sa bangkay ng Tagapagligtas ay ibinuhos na niya ngayon sa Kaniyang buhay na katawan. Kung sa libingan ito ibubuhos ay sa loob lamang ng nitso hahalimuyak ang bango nito; nguni't ngayo'y pinaligaya nito ang puso ni Jesus sa pagkatiyak sa kaniyang pananampalataya at pag-ibig. Si Jose na taga-Arimatea at si Nicodemo ay hindi naghandog ng kanilang kaloob kay Jesus nang Siya'y nabubuhay pa. May mapapait na lu hang inialay nila ang kanilang mga mamahaling espesya sa Kaniyang malamig at walang-buhay na anyo. Ang sadya ng mga babaing nagdala sa libingan ng kanilang mga espesya ay nawalan ng kabuluhan, sapagka't Siya'y nabuhay na. Datapwa't si Mariang nagbuhos ng kaniyang pag-ibig sa Tagapagligtas samantalang Siya'y nabubuhay at nakakadama ng kaniyang pagmamahal, ay pinahiran Siya para sa paglilibing sa Kaniya. At sa paglusong ni Jesus sa kadiliman ng kaniyang malaking pagsubok, ay tinaglay Niya
ang alaala ng gawang yaon isang patinga ng pag-ibig na magiging [802]
Kaniya buhat sa Kaniyang mga tinubos magpakailanman.

Marami ang nagdadala ng kanilang mahahalagang kaloob sa mga patay. Samantalang sila'y nakatayo sa tabi ng malamig at tahimik na bangkay, malaya silang bumibigkas ng mga salita ng pagmamahal. Ang mga salita ng paggiliw, pagpapahalaga, at pagtatapat, ay maluwag na iniuukol sa isang hindi na nakakakita ni hindi na rin nakakarinig. Kung ang mga pananalitang ito lamang ay binigkas nang panahong ang mga ito ay ka'langan ng lupaypay na diwa, nang panahong nakakarinig pa ang pandinig at nakakaramdam pa ang puso, disin sana'y naging napakahalaga ang bango ng mga ito!

Hindi nataho ni Maria ang buong kahulugan ng gawa ng pag-ibig na ginawa niya. Hindi niya nasagot ang mga namumuna sa kaniya. Hindi niya naipaliwanag kung bakit pinili niya ang gayong pagkakataon sa pagpapahid ng ungguwento kay Jesus. May panukala ang Espiritu Santo para sa kaniya, at sinunod niya ang

mga iniuudyok Nito. Nagpakababa ang Espiritu sa di-pagbibigay ng anumang paliwanag. Isang di-nakikita ang bumubulong sa isip at kaluluwa, at kinilos ang puso na sumunod. Ito'y sarili nitong pagbibigay-katwiran.

Sinabi ni Kristo kay Maria ang kahulugan ng ginawa nito, at dito'y lalong malaki ang ibinigay Niya rito kaysa Kaniyang tinanggap. "Sa pagbubuhos niya nitong ungguwento sa Aking katawan," wika Niya, "ay ginawa niya ito upang ihanda Ako sa paglilibing." Kung paanong ang sisidlan ng alabastro ay binasag, at ang buong bahay ay pinuno ng bango nito, gayundin naman si Kristo'y dapat mamatay, at ang Kaniyang katawan ay dapat mabugbog at masugatan; gayunma'y babangon Siya mula sa libingan, at ang kabanguhan ng Kaniyang buhay ay pupuno sa lupa. Si Kristo ang "umibig sa
[803] atin, at ibinigay ang Kaniyang sarili na hain at handog sa Diyos upang maging samyo ng masarap na amoy." Efeso 5:2.

"Katotohanang sinasabi Ko sa inyo," wika ni Kristo, "Saanman ipangaral ang ebanghelyong ito sa buong sanlibutan, ay sasaysayin din ang ginawa ng babaeng ito sa pag-aalaala sa kaniya." Nang tumingin ang Tagapagligtas sa dakong hinaharap, nagsalita Siyang may katiyakan tungkol sa Kaniyang ebanghelyo. Ito'y ipangangaral sa buong sanlibutan. At hanggang saanman makarating ang ebanghelyo, ang handog ni Maria ay magsasabog ng angkin nitong halimuyak, at ang mga puso'y pagpapalain sa pamamagitan ng kaniyang ginawa. Babangon at babagsak ang mga kaharian; malilimutan ang mga pangalan ng mga hari at mga manlulupig; nguni't ang ginawa ng babaeng ito ay mananatiling buhay sa mga dahon ng banal na kasaysayan. Hanggang sa matapos ang panahon, ang nabasag na sisidlang yaon ng alabastro ay magsasaysay pa rin ng kasaysayan ng masaganang pag-ibig ng Diyos sa sangkatauhang nagkasala.

Ang ginawa ni Maria ay kaibang-kaiba sa malapit nang gawin ni Judas. Mahayap na aral ang sana'y naibigay ni Kristo sa kaniya na nagpunla ng binhi ng pamumuna at ng masamang isipan sa diwa ng mga alagad! Matwid sana na ang umuupasala ay siyang upasalain! Siya na nakababasa ng mga nilalayon ng bawa't puso, at nakauunawa ng bawa't kilos, ay may kayang maglantad sa harap ng mga nasa piging ng madidilim na kabanata sa karanasan ni Judas. Ang mababaw na pagpapakunwari na idinahilan ng taksil ay maaari

sanang naibunyag; sapagka't sa halip na siya'y mahabag sa mga dukha, ay siya pa nga ang nagnanakaw ng salaping sadyang inilalaan upang maitulong sa kanila. Dapat sanang siya'y pagbuntunan ng galit dahil sa kaniyang pagsiil sa mga babaeng balo, sa mga ulila, at sa mga nagpapaupa. Datapwa't kung inilantad ni Kristo si Judas, ito ang igigiit na dahilan ng pagkakapagkanulo sa Kaniya. At kahit [804]
na siya paratangang magnanakaw, mayroon pa ring papanig kay Judas, sa gitna ng mga kapwa niya alagad. Hindi siya sinuwatan ng Tagapagligtas, kaya naiwasang mabigyan siya ng maidadahilan sa kaniyang pagtataksil.

Nguni't ang tinging iniukol ni Jesus kay Judas ay nagpaunawa sa kaniya na batid ng Tagapagligtas ang lahat niyang pagpapaimbabaw, at nababasa ang hamak at nakaririmarim niyang likas. At sa pagpuri sa ginawa ni Maria, na lubhang pinalibhasa, ay para na ring sinaway ni Kristo si Judas. Noong hindi pa nangyayari ito, di-kailanman siya tuwirang pinangusapan ng Tagapagligtas. Ngayo'y labis niyang dinamdam ang saway. Ipinasiya niyang maghiganti. Buhat sa paghapon ay tuwi ran siyang nagtungo sa palasyo ng dakilang saserdote, na doo'y nasumpungan niyang kasalukuyang nagkakatipon ang kapulungan, at inalok niyang ipagkanulo si Jesus sa kanilang mga kaaway.

Gayon na lamang ang pagkatuwa ng mga saserdote. Ang mga lider na ito ng Israel ay binigyan ng karapatang tanggapin si Kristo na kanilang Tagapagligtas, nang walang salapi at walang bayad. Subali't tinanggihan nila ang mahalagang kaloob na inialok sa kanila sa pinakamagiliw na diwa ng pumipilit na pag-ibig. Tinanggihan nilang tanggapin ang kaligtasang yaon na higit pang mahalaga kaysa ginto, at binili nila ang kanilang Panginoon sa halagang tatlumpung putol na pilak.

Nagpakalulong si Judas sa kasakiman hanggang sa mapaibabawan nito ang lahat ng mabuting likas ng kaniyang pagkatao. Nanghinayang siya sa alok na ibinigay kay Jesus. Nanaghili ang kaniyang puso sa pangyayari na kung bakit tatanggap ang Tagapagligtas ng isang kaloob na nababagay lamang sa mga hari sa lupa. Sa halagang lubha pang mababa kaysa halaga ng kahon ng [805]
ungguwento, ay ipinagkanulo niya ang kaniyang Panginoon.

Ang mga alagad ay hindi katulad ni Judas. Mahal nila ang Tagapagligtas. Nguni't hindi tumpak ang kanilang pagkakapagpahalaga

sa Kaniyang marangal at mabunying likas. Kung nadama lamang nila ang ginawa Niya para sa kanila, napagkilala sana nila na walang nasayang sa anumang inialay sa Kaniya. Ang mga Pantas na Lalaking buhat sa Silangan, na walang nalalaman kamunti man tungkol kay Jesus, ay nagpakita ng higit na tunay na pagpapahalaga sa pagpaparangal na dapat iukol sa Kaniya. Nagdala sila sa Tagapagligtas ng mahahalagang kaloob, at magalang na lumuhod sa harap Niya nang Siya'y isa pa lamang maliit na sanggol, na nakahiga sa isang pasabsaban.

Pinahahalagahan ni Kristo ang mga gawa ng paggalang na taos-sa-puso. Kung Siya'y ginagawan ng sinuman ng isang kagandahang-loob, pinagpapala Niya ang gumagawa nito nang may makalangit na paggalang. Hindi Niya tinanggihan ang pinakasimpleng bulaklak na pinupol ng isang maliit na bata, at inihandog sa Kaniya nang may paggiliw. Tinanggap Niya ang mga handog ng mga bata, at pinagpala ang mga nagkaloob, at isinulat ang kanilang mga pangalan sa aklat ng buhay. Sa mga Kasulatan, ang pagkakapagbuhos ni Maria kay Jesus ng pabango ay binabanggit bilang ikinaiiba niya sa iba pang mga Maria. Ang mga gawa ng pag-ibig at paggalang kay Jesus ay isang katibayan ng pagsampalataya sa Kaniya na Siya'y Anak ng Diyos. At sinasabi rin ng Espiritu Santo, na ang mga katunayan ng katapatan ng babae kay Kristo ay ito: "Kung siya'y naghugas ng mga paa ng mga banal, kung siya'y umabuloy sa mga napipighati, kung ginanap niya na may kasipagan ang bawa't mabuting gawa." 1 Timoteo 5:10.

[806] Nalugod si Kristo sa maalab na hangarin ni Maria na gawin ang kalooban ng kaniyang Panginoon. Tinanggap Niya ang masagana at wagas na pag-ibig na hindi naunawaan, at hindi mauunawaan, ng Kaniyang mga alagad. Ang paghahangad ni Maria na gawin ang paglilingkod na ito sa kaniyang Panginoon ay may higit na kahalagahan kay Kristo kaysa lahat ng mahalagang ungguwento sa sanlibutan, sapagka't ipinahahayag nito ang kaniyang pagpapahalaga sa Manunubos ng sanlibutan. Pag-ibig ni Kristo ang pumilit sa kaniya. Ang walangkapantay na kagalingan ng likas ni Kristo ay pumuno sa kaniyang kaluluwa. Ang ungguwento ay sumasagisag sa puso ng nagbigay. Ito ang hayagang pagpapakita ng isang pag-ibig na pinasagana ng mga bukal ng langit hanggang sa ito'y mag-umapaw.

Ang ginawa ni Maria ay siyang sadyang aral na kailangan ng mga alagad upang ipakilala sa kanila na kung ipinahahayag nila ang kanilang pag-ibig sa Kaniya ay makalulugod yaon kay Kristo. Siya na ang lahat sa kanilang buhay, at hindi nila napagtantong sandali na lamang at mawawala na Siya sa kanila, na malapit nang hindi sila makapagpakita ng tanda ng kanilang pagkilala ng utang-na-loob sa Kaniyang dakilang pag-ibig. Ang pagiisa at kalungkutan ni Kristo, sa pagkakalisan Niya sa langit, na namumuhay ng kabuhayan ng tao, ay di-kailanman naunawaan o napahalagahan man ng mga alagad na gaya ng nararapat. Madalas Siyang nahapis dahil sa hindi ibinigay sa Kaniya ng Kaniyang mga alagad ang bagay na dapat sana'y matanggap Niya sa kanila. Talos Niya na kung sila'y sumasailalim ng impluwensiya ng mga anghel sa langit na sumama sa Kaniya, sila man ay maniniwalang walang handog na may sapat na halaga upang maipahayag ang tapat na pag-ibig na sumasapuso.

Pagkatapos na mapag-isip nila at maliwanagan ay saka sila nagkaroon ng tunay na pagkadama na marami sanang bagay ang magagawa nila para kay Jesus na magpapahayag ng pag-ibig at [807]
pagpapasalamat ng kanilang mga puso, samantalang malapit pa sila sa Kaniya. Nang mahiwalay na Siya sa kanila, at tunay nilang nadamang sila'y parang mga tupang walang pastor, ay saka nila nakitang dapat sana'y nagpamalas na sila sa Kaniya ng mga pag-aasikaso na ikinaligaya sana ng Kaniyang puso. Kaya hindi na nila sinisi si Maria, kundi ang kanilang mga sarili. Oh, kung mababawi lamang nila ang kanilang paninisi o pamumuna, ang kanilang pagsasabi na ang dukha ay lalo pang dapat kay Kristo! Naramdaman nila ang matinding suwat nang ibaba na nila mula sa krus ang sugatang bangkay ng kanilang Panginoon.

Iyan din ang kulang sa sanlibutan ngayon. Subali't iilan lamang ang nag-uukol ng buong pagpapahalaga kay Kristo. Kung tunay at buo ang pagpapahalaga nila sa Kaniya, ang malaki ngang pag-ibig ni Maria ay ipakikita nila, at ang pagbubuhos ng ungguwento ay magiging masagana. Ang mahal na ungguwento ay hindi sasabihin o tatawaging pag-aaksaya. Ang anumang bagay na ihahandog kay Kristo ay hindi iisiping napakamahal, at walang pagkakait sa sarili o pagpapakasakit sa sarili na magiging napakalaki upang matiis alang-alang sa Kaniya.

Ang mga salitang binigkas nang may pagkagalit, “Ano ang layon ng pag-aaksayang ito?” ay buhay na buhay na nagpaalaala kay Kristo ng pinakamalaking sakripisyong ginawa na kailanman—ang pagbibigay ng Kaniyang sarili bilang pampalubag-loob para sa isang sanlibutang nawaglit. Labis-labis ang pagbibigay ng Panginoon sa mga taong kaanib ng Kaniyang sambahayan na anupa't hindi na masasabi sa Kaniya na Siya'y makapagbibigay pa. Nang ibigay si Jesus, ay ibinigay ng Diyos ang buong kalangitan. Sa kaisipan ng tao, ang ganitong sakripisyo o paghahandog ay isang ganap na pag-aaksaya. Kung susundin ang katwiran ng tao ang buong panukala ng
[808] pagliligtas ay isang pag-aaksaya ng mga kahabagan at mga pagpapala. Ang pagkakait sa sarili at ang buong-pusong pagsasakripisyo ay nakikita natin sa lahat ng dako. Dapat ngang manggilalas ang buong langit sa mga taong tumatanggi sa pag-ibig ng Diyos na nasa kay Kristo na mag-aangat at magpapasagana sa kanila. Dapat nga silang bumulalas, Bakit ginagawa ang ganito kalaking pag-aaksaya?

Datapwa't ang pagtubos sa nawaglit na sanlibutan ay dapat maging lubos, masagana, at ganap. Ang handog ni Kristo ay dapat maging labis at labis upang maabot ang bawa't kaluluwang nilalang ng Diyos. Hindi ito mahihigpitan upang huwag lumampas sa bilang ng mga tatanggap ng dakilang Kaloob. Hindi lahat ng mga tao ay ligtas; gayunman ang panukala ng pagtubos ay hindi isang pag-aaksaya nang dahil sa hindi nagaganap ang lahat ng pinaglaanan ng kagandahang-loob. Dapat itong maging sagana at labis.

Si Simong may piging ay naimpluwensiyahan ng pamumuna ni Judas sa handog ni Maria, at siya'y nagtaka sa ginawa ni Jesus. Nasaktan ang kaniyang damdamin at diwang maka-Pariseo. Batid niyang nakatingin kay Kristo ang marami sa Kaniyang mga panauhin na taglay ang di-pananalig at di-pagkalugod. Sinabi ni Simon sa kaniyang sarili, “Ang Taong ito, kung Siya'y isang propeta, ay nakikilala Niya sana kung sino at kung ano ang babaeng ito na sa Kaniya'y humihipo: sapagka't siya'y isang makasalanan.”

Sa pagkakapagaling kay Simon sa sakit na ketong, ay iniligtas siya ni Kristo sa kalagayang nabubuhay na patay. Nguni't ngayon ay pinag-aalinlanganan niya kung ang Tagapagligtas ay propeta nga. Dahil sa pinahintulutan ni Kristo ang babaeng ito na lumapit sa Kaniya, dahil sa hindi Niya pagalit na tinalikuran o tinanggihan ito bilang isa na ang mga pagkakasala ay napakalaki upang patawarin,

dahil sa hindi Niya ipinakilalang nalalaman Niyang ito'y nagkasala, [809]
natukso nga si Simon na maghinuha na Siya'y hindi isang propeta. Inisip niyang walang nalalaman si Jesus tungkol sa babaeng ito na malayang-malayang nagpapakilala ng pag-ibig nito, sapagka't kung alam Niya ay hindi Niya papayagang Siya'y hipuin nito.

Nguni't ang di-pagpakilala ni Simon sa Diyos at kay Kristo ay siyang umakay sa kaniya na mag-isip nang gayon. Hindi niya inisip na ang Anak ng Diyos ay dapat gumawa nang ayon sa paraan ng Diyos, na may pagdamay, pagkagiliw, at pagkahahabag. Ang paraan ni Simon ay huwag pansinin ang paglilingkod ni Mariang may bagbag-na-loob. Ang ginawa nitong paghalik sa mga paa ni Kristo at pagbubuhos ng ungguwento sa mga ito ay naging kayamut-yamot sa matigas niyang puso. Inisip niya na kung si Kristo ay talagang propeta, makikilala Niya ang mga makasalanan at sasansalain sila.

Sa di-binigkas na isipang ito ay sumagot ang Tagapagligtas: "Simon, Ako'y may isang bagay na sasabihin sa iyo. ... Isang may pautang ay may dalawang may utang sa kaniya: ang isa'y may utang na limandaang denaryo, at ang isa'y limampu. At nang sila'y walang maibayad, ay kapwa pinatawad niya. Sabihin mo nga sa Akin, Alin kaya sa kanila ang lalong iibig sa kaniya? Sumagot si Simon at sinabi, Inaakala ko na yaong pinatawad niya nang lalong malaki. At sinabi Niya sa kaniya, Matwid ang paghatol mo."

Gaya nang ginawa ni Nathan kay David, ipinaloob ni Kristo sa isang talinghaga ang Kaniyang pagsansala o pagsaway. Pinabayaan Niyang ang nagpiging sa Kaniya ay siyang maggawad ng hatol sa sarili nito. Si Simon ang umakay sa pagkakasala sa babaeng itong ngayo'y hinahamak niya. Mabigat ang pagkakasalang ginawa niya sa babae. Ang dalawang may utang sa talinghaga, ay kumakatawan
kay Simon at sa babae. Hindi ang ibig ituro ni Jesus ay maramdaman [810]
ng dalawang taong ito ang magkaibang bigat ng pagkakautang, sapagka't bawa't isa sa kanila ay may utang na loob na di-kailanman mababayaran. Nguni't inakala ni Simong siya'y lalong matwid kaysa kay Maria, na kung gaano kalaki ang kahigtan ng utang na limandaang denaryo sa utang na limampung denaryo.

Ngayon ay nakita na ni Simon ang sarili niya sa isang bagong liwanag. Nakita niya kung gaano pinahahalagahan si Maria ng Isang higit pa kaysa propeta. Nabatid niyang nabasa ni Kristo sa pamamagitan ng paninging matalas pa kaysa paningin ng propeta

ang puso ni Mariang puno ng pag-ibig at pagtatalaga. Sinakbibi siya ng pagkapahiya, at napagkilala niyang siya'y nasa harapan ng Isang lalong mataas kaysa kaniya.

"Pumasok Ako sa iyong bahay," patuloy na wika ni Kristo, "hindi mo Ako binigyan ng tubig na ukol sa Aking mga paa;" nguni't sa pamamagitan ng mga luha ng pagsisising iniudyok ng pag-ibig, ay hinugasan ni Maria ang Aking mga paa, at pinunasan ang mga ito ng buhok ng kaniyang ulo. "Hindi mo Ako binigyan ng halik: datapwa't ang babaeng ito," na iyong hinahamak, "buhat nang Ako'y pumasok ay hindi humihinto ng paghalik sa Aking mga paa." Inisa-isa ni Kristo ang mga pagkakataong maipakilala niya ang kaniyang pag-ibig sa kaniyang Panginoon, at ang kaniyang pasasalamat sa mga bagay na ginawa sa kaniya. Malinaw, nguni't maingat na sinabi ng Tagapagligtas sa Kaniyang mga alagad na nalulungkot ang Kaniyang loob pagka ang mga anak Niya ay hindi nagpapakita ng kanilang pasasalamat sa Kaniya sa pamamagitan ng mga salita at mga gawa ng pag-ibig.

Nababasa ng Mananaliksik ng Puso ang adhikaing umakay kay Maria na gawin ang ginawa nito, at nakita rin Niya ang di-
[811] wang nag-udyok kay Simon na magsalita. "Nakikita mo baga ang babaeng ito?" ang wika Niya sa kaniya. Siya'y isang makasalanan. "Sinasabi Ko sa ryo, Ipinatatawad ang kaniyang maraming kasalanan; sapagka't siya ay umibig nang malaki: datapwa't sa pinatatawad nang kaunti, ay kakaunti ang pag-ibig."

Ang malamig na pakikitungo at pagpapabaya ni Simon sa Tagapagligtas ay nagpakilala kung gaano kaliit pinahalagahan niya ang kaawaang kaniyang tinanggap. Inakala niyang pinarangalan niya si Jesus sa pagkakapag-anyaya niya sa Kaniya sa bahay niya. Subali't ngayo'y nakita niya ang sarili niya sa talagang siya. Samantalang ang akala niya'y nababasa niya ang kaniyang Panauhin, ang Panauhin pala niya ang nakakabasa sa kaniya. Nakita niya kung gaano katotoo ang pagkakahatol sa kaniya ni Kristo. Ang kaniyang relihiyon ay isang balabal lamang ng mga Pariseo. Hinamak niya ang kahabagan ni Jesus. Hindi niya nakilala Siya bilang siyang kinatawan ng Diyos. Samantalang si Maria ay isang makasalanang pinatawad, siya naman ay isang makasalanang di-pinatawad. Ang mahigpit na tuntunin ng katarungang nais niyang ipatupad laban kay Maria ay siyang humatol sa kaniya.

Si Simon ay naantig ng kagandahang-loob ni Jesus sa hindi hayagang paghiya sa kaniya sa harap ng mga panauhin. Hindi ginawa sa kaniya ang gaya ng ibig sana niyang gawin ni Jesus kay Maria. Nahalata niyang hindi ibig ni Jesus na ilantad sa iba ang kaniyang kasalanan, kundi sinikap ni Jesus na papaniwalain siya sa pamamagitan ng wastong pagpapaliwanag, at sa pamamagitan ng maawaing kagandahang-loob ay pasukin ang kaniyang puso. Ang mahigpit na pagtuligsa ay nakapagpatigas sana sa puso ni Simon na magsisi, subali't ang matiyagang pagbibigay ng payo ay nakahikayat sa kaniya upang maniwala na siya'y mali. Nakita niya ang laki ng utang niya sa kaniyang Panginoon. Humapay ang kaniyang kataasan, siya'y nagsisi, at ang mayabang na Pariseo ay naging [812]
isang mapagpakumbabang-loob at mapagsakripisyong alagad.

Si Maria ay itinuring na isang lubhang makasalanan, nguni't batid ni Kristo ang mga pangyayaring nagbulid sa kaniya sa gayong kabuhayan. Magagawa ni Jesus na patayin ang bawa't kislap ng pag-asa sa kaniyang kaluluwa, subali't hindi Niya ito ginawa. Siya pa nga ang nagangat sa kaniya mula sa kawalang-pag-asa at pagkapahamak. Makapitong narinig niya ang pagsaway ni Jesus sa mga demonyong sumusupil sa kaniyang puso at pag-iisip. Napakinggan niya ang malalakas na daing ni Kristo sa Ama alang-alang sa kaniyang kapakanan. Batid niya kung gaano nakamumuhi ang kasalanan sa Kaniyang di-nadurumhang kadalisayan, at sa Kaniyang kalakasan siya'y nanagumpay.

Nang sa tingin ng tao ay waring wala na siyang pagasa, nakita ni Kristo ang mabubuting magagawa ni Maria. Nakita Niya ang mabubuting katangian ng likas nito. Ang panukala ng pagtubos ay nagkaloob sa mga tao ng malalaking pagkakataon, at kay Maria ang mga pagkakataong ito ay dapat maging katotohanan. Sa pamamag itan ng biyaya ng Diyos ay tumanggap siya ng banal na likas. Ang babaeng nagkasala, na ang pag-iisip ay naging tahanan ng mga demonyo, ay ganap na nailapit sa Tagapagligtas sa pamamagitan ng pakikisama at paglilingkod. Siya ang Mariang umupo sa paanan Niya at nagaral sa Kaniya. Siya ang Mariang nagbuhos sa Kaniyang ulo ng mahalagang ungguwento, at pinaliguan ang Kaniyang mga paa sa pamamagitan ng kaniyang mga luha. Siya ang Mariang tumayo sa tabi ng krus, at sumunod sa Kaniya hanggang sa libingan. Siya ang Mariang nauna sa libingan pagkatapos na Siya'y mabuhay

na maguli. Siya ang Mariang unang nagbalita na bumangon na ang Tagapagligtas.

Nalalaman ni Jesus ang mga pangyayari sa bawa't kaluluwa.
[813] Maaaring sabihin ninyo, Ako'y makasalanan, napakamakasalanan. Maaaring kayo'y gayon nga; subali't kung kailan kayo lalong masama, lalo namang kailangan ninyo si Jesus. Hindi Niya itinataboy ang sinumang tumatangis at nagsisising kaluluwa. Hindi Niya sinasabi sa kaninuman ang lahat ng maaaring ihayag Niya, gayunma'y pinalalakas Niya ang loob ng bawa't natatakot na kaluluwa. Malaya Niyang patatawarin ang lahat ng mga lumalapit sa Kaniya na humihingi ng kapatawaran at kagalingan.

Maaaring utusan ni Kristo ang mga anghel ng langit na ibuhos ang mga saro ng kagalitan sa ating sanlibutan, upang lipulin ang mga napopoot sa Diyos. Kaya Niyang pawiin sa Kaniyang santinakpan ang madilim na sanlibutang ito. Datapwa't hindi Niya ito ginagawa. Nakatindig Siya ngayon sa siping ng dambana ng kamanyang, at inihaharap sa Diyos ang mga panalangin ng mga humihingi ng Kaniyang tulong.

Ang mga taong nanganganlong sa Kaniya, ay iniaangat ni Jesus sa ibabaw ng matatalas at mapagparatang na mga dila. Walang tao ni masamang anghel man na makapagparatang sa mga kaluluwang ito. Isinasanib ni Kristo ang mga ito sa Kaniyang Diyos-taong kalikasan. Nakatayo sila sa siping ng dakilang Tagapagdala ng Kasalanan, sa liwanag na nanggagaling sa luklukan ng Diyos. "Sino ang magsasakdal ng anuman laban sa mga hirang ng Diyos? Ang Diyos ang umaaring-ganap. Sino ang humahatol? Si Kristo Jesus na namatay, oo, yaong nabuhay na mag-uli sa mga patay, na siyang nasa kanan ng Diyos, na siya namang namamagitan dahil sa atin."
[814] Roma 8:33, 34.

[815]

## Kabanata 63—“Ang Inyong Hari ay Naparirito”

Ang kabanatang ito ay batay sa Maleo 21:1-11; Marcos 11:1-10; Lukas 19:29-44; Juan 12:12-19.

“Magalak kang mainam, Oh anak na babae ng Siyon; humiyaw ka, Oh anak na babae ng Jerusalem: narito, ang iyong Hari ay naparirito sa iyo: Siya’y ganap, at may pagliligtas; mapagpakumbabang-loob, at nakasakay sa isang asno, sa isang batang asno na anak ng asnong-babae.” Zacarias 9:9.

Limandaang taon pa bago isinilang si Kristo, ipinagpauna nang sinabi ng propeta Zacarias ang pagparito ng Hari ng Israel. Matutupad ngayon ang hulang ito. Siya na malaon nang tumanggi sa mga karangalang panghari ay pumapasok ngayon sa Jerusalem bilang ang ipinangakong tagapagmana sa luklukan ni David.

Unang araw ng sanlinggo nang si Kristo ay matagumpay na pumasok sa Jerusalem. Ang maraming nagsidagsa sa Kaniya upang makita Siya sa Betanya ay nagsisama ngayon sa Kaniya, at pinananabikang masaksihan ang gagawing pagtanggap sa Kaniya. Marami ang pauwi sa siyudad upang ipagdiwang ang Paskuwa, at ang mga ito’y nakisabay sa karamihang nagsisama kay Jesus. Ang buong katalagahan ay waring nagsasaya. Mayayabong ang mga dahon ng mga punungkahoy, at ang mga bulaklak nito ay nagsasaboy ng mabangong halimuyak sa hangin. Isang bagong kabuhayan at kagalakan ang wari’y nagpasigla sa mga tao. Muling sumisibol ang [816]
pag-asa tungkol sa bagong kaharian.

Sa hangad ni Jesus na pumasok sa Jerusalem nang nakasakay, inutusan Niya ang dalawa sa Kaniyang mga alagad na dalhan Siya ng isang asno at pati anak nito. Nang isilang ang Tagapagligtas ay umasa Siya sa kagandahang-loob ng mga ibang tao. Ang pasabsabang Kaniyang hinigan ay isang hiram na himlayan. Ngayon, bagaman ang mga baka sa libong burol ay Kaniya, umaasa pa rin Siya sa kagandahang-loob ng iba upang may masakyan Siyang isang hayop sa pagpasok Niya sa Jerusalem na parang Hari nito. Nguni’t

nahayag na naman ang Kaniyang pagka-Diyos, sa kaliit-liitang mga tagubilin Niya sa Kaniyang mga alagad sa utos na ito. Gaya nang Kaniyang paunang-sinabi, ang pakiusap na, "Kinakailangan sila ng Panginoon," ay karaka-rakang pinagbigyan. Pinili ni Jesus na sakyan ang batang asnong hindi pa kailanman nasasakyan ng sinumang tao. Taglay ang kagalakang inilatag naman ng mga alagad ang kanilang mga kasuutan sa likod ng hayop, at doo'y naupo ang kanilang Panginoon. Dati-dati ay naglalakad lamang si Jesus sa Kaniyang paglalakbay, at ang mga alagad ay nagtaka sa pasimula kung bakit napili Niya ngayong sumakay. Datapwa't muling nabuhay ang pag-asa sa kanilang mga puso sa pag-aakalang Siya'y papasok sa punong-lungsod, at itatanyag na Hari ang Kaniyang sarili, at pagtitibayin ang kapangyarihan ng Kaniyang pagkahari. Nang sinusunod nila ang Kaniyang utos ay ibinalita nila sa mga kaibigan ni Jesus ang maligaya nilang inaasam-asam, at ang pagkakatuwaan ay namayani sa malayo at sa malapit, hanggang sa umabot sa karurukan ang mga pag-asam ng mga tao.

Sinusunod ni Kristo ang kaugalian ng mga Hudyo pagka pumapasok ang Hari. Ang hayop na Kaniyang sinakyan ay siya ring sinakyan ng mga hari ng Israel, at ipinagpauna nang sinabi ng hula
[817] na sa gayong paraan papasok ang Mesiyas sa Kaniyang kaharian. Karakarakang makaupo Siya sa likod ng batang asno ay naghinugong ang himpapawid sa malakas na sigaw ng pagtatagumpay. Ipinagbunyi Siya ng karamihan bilang Mesiyas, na Hari nila. Ngayo'y tinanggap ni Jesus ang parangal na noong una'y hindi Niya ipinahintulot, at ito'y itinuring naman ng mga alagad na isang katunayan na ang masaya nilang mga inaasam-asam ay matutupad at iyon ay ang makita Siyang nakaupo sa trono bilang Hari. Naniwala ang marami na sumapit na ang oras ng kanilang paglaya. Sa kanilang guni-guni'y para nilang nakikita na ang mga hukbo ng Roma ay pinalalayas sa Jerusalem, at ang Israel ay muli na namang naging isang bansang malaya. Lahat ay masaya at walang-malamang gawin; ang mga tao'y nag-uunahan sa pagbubunyi at pagpaparangal sa Kaniya. Wala silang naipakitang ringal at ningning, nguni't inukulan nila Siya ng taos-pusong pagsamba. Wala silang naialay na mga mamahaling handog, nguni't inilatag naman nila ang kanilang mga damit bilang isang alpombra sa Kaniyang daraanan, at sinabugan din nila ito ng madahong mga sanga ng olibo at palma. Nanguna sila sa masayang

prusisyon na bagaman walang mga watawat ng hari, ay mayroon namang mga dahon ng palma, na siyang sagisag ng tagumpay, at iniwasiwas ang mga ito nang mataas na kasabay ang malalakas na pagbubunyi at mga hosana.

Sa paglakad ng prusisyon ay lalong dumarami ang mga tao, na nararagdagan ng mga bagong nakarinig tungkol sa pagdating ni Jesus. Patuloy ang dagsa ng mga manonood na nakikisama sa karamihan, at nangagtatanong, Sino ito? Ano ang ibig sabihin ng ganitong pagkakagulo? Lahat sila'y nakabalita na tungkol kay Jesus, at inaasahan nilang Siya'y tutungo sa Jerusalem; nguni't batid din nilang tinanggihan Niya noong una ang Siya'y iluklok sa trono, at kaya nga ngayo'y namangha silang maalaman na ito na Siya. Hindi nila maubos- maisip kung ano ang nagpabago sa Kaniya, Siya na [818]
nagsabing ang Kaniyang kaharian ay hindi sa sanlibulang ito.

Ang kanilang mga pagtatanong ay pinatahimik ng isang sigaw ng tagumpay. Ito'y muli at muling inulit ng sabik na karamihan; sinasagot ito ng mga taong nasa malayo, at umalingawngaw sa mga gulod at mga kapatagang nasa palibot. At ngayon ang prusisyon ay dinagsaan pa ng mga taong buhat sa Jerusalem. Sa mga karamihan namang nagkatipon upang dumalo sa Paskuwa, ay libu-libo ang nagsilabas upang sumalubong kay Jesus. Binati nila Siya sa pamamagitan ng pagwawagayway ng mga sanga ng palma at ng sigalbo ng banal na awit. Pinatunog ng mga saserdoteng nasa templo ang pakakak para sa serbisyong panghapon, subali't iilan lamang ang tumugon, at ang mga pinuno ay nababahalang nagwika sa isa't isa, "Ang sanlibutan ay sumusunod na sa Kaniya."

Kailanman sa buong buhay Niya sa lupa ay ngayon lamang ipinahintulot ni Jesus ang ganitong pagtatanghal. Malinaw Niyang nakita ang ibubunga. Ihahatid Siya nito sa krus. Nguni't sadyang pinanukala Niyang hayagang ipakilala ang Kaniyang sarili bilang siyang Manunubos. Hangad Niyang ipaalam sa lahat ang sakripisyong magiging pinakaputong ng Kaniyang misyon sa sanlibutang nagkasala. Habang nagkakatipon ang mga tao sa Jerusalem upang ipagdiwang ang Paskuwa, Siya naman, na sumasagisag sa Tupang ihahandog, ay kusang nagharap ng sarili Niya bilang pinakaalay. Kailangan ng Kaniyang iglesya sa buong panahong dumarating na pag-aralan ang malalim na kahulugan ng Kaniyang pagkamatay dahil sa mga kasalanan ng sanlibutan. Bawa't bagay o pangya-

yaring kaugnay nito ay dapat linawin at hawiin ang alinlangan. Dahil dito, kinakailangang ang mga mata ng lahat ng mga tao
[819] ay mapatuon ngayon sa Kaniya; ang mga pangyayaring nauuna sa Kaniyang malaking sakripisyo ay kailangang maging gayon na anupa't makatatawag ng pansin sa sakripisyo na rin. Pagkatapos ng pagtatanghal na yaon na nasaksihan sa pagpasok Niya sa Jerusalem, lahat ng paningin ay sumubaybay na sa Kaniya hanggang sa katapusang yugto.

Ang mga pangyayaring kaugnay ng Kaniyang matagumpay na pagpasok sa Jerusalem ay siyang magiging usap-usapan ng lahat ng dila, at si Jesus ang mapapasaisip ng lahat. At pagkatapos na Siya'y mabayubay sa krus, marami ang makakaalaala sa mga pangyayaring ito na kaugnay ng paglilitis at pagpatay sa Kaniya. Maaakay silang magsiyasat ng mga hula, at mahihikayat silang maniwala na si Jesus nga ang siyang Mesiyas; at sa lahat ng mga lupain ay darami ang mga mahihikayat sa pananampalataya.

Sa isang matagumpay na tanawing ito sa Kaniyang buhay sa lupa, ang Tagapagligtas ay maaaring waring inabayan ng mga anghel sa langit, at ipinagbunyi ng pakakak ng Diyos; nguni't ang gayong pagtatanghal ay waring salungat sa layunin ng Kaniyang misyon, salungat sa batas o kautusang sinunod ng Kaniyang buhay. Nanatili Siyang tapat sa abang kapalarang Kaniyang tinanggap. Ang pansin ng sangkatauhan ay dapat Niyang dalhin hanggang sa ang Kaniyang buhay ay maialay para sa ikabubuhay ng sanlibutan.

Ang araw na ito, na sa mga alagad ay siyang pinakamasayang araw sa kanilang mga buhay, ay nalambungan sana ng mga ulap ng kalungkutan kung nabatid lamang nila na ang tanawing ito ng pagkakasayahan ay pasimula lamang ng paghihirap at kamatayan ng kanilang Panginoon. Bagama't paulit-ulit Niyang sinabi sa kanila ang tungkol sa Kaniyang gagawing pagpapakasakit, gayunma'y nawala ito sa kanilang alaala dahil sa masayang tagumpay ng kasalukuyan, at hinintay nila ang Kaniyang masaganang paghahari
[820] sa luklukan ni David.

Parami nang parami ang mga nagsisisunod sa prusisyon, at lahat, liban sa ilan, ay sinidlan ng tuwang dulot ng pagkakataon, at sila'y nakisaliw sa pag-aawitan ng mga hosana na nag-inugong at umalingawngaw sa mga burol at kapatagan. Patuloy na pumailanlang ang

mga sigaw na, "Hosana sa Anak ni David: Mapalad ang pumaparito sa pangalan ng Panginoon; Hosana sa kataas-taasan."

Kailan man nang una ay walang nakita ang sanlibutan na ganitong matagumpay na prusisyon. Hindi ito katulad ng mga tanyag na mandirigma sa lupa. Walang sumusunod na mga nagsisitangis na bihag, na mga tropeo ng katapangan ng hari, sa tanawing yaon. Nguni't sa paligid ng Tagapagligtas ay naroroon ang maluwalhating mga tropeo ng Kaniyang mga paglilingkod at pag-ibig sa taong makasalanan. Ito ang mga bihag na hinango Niya sa kapangyarihan ni Satanas, na nagsisipuri sa Diyos dahil sa kanilang pagkakaligtas. Ang mga piping Kaniyang pinapagsalita ay siyang pinakamalakas sa pagsigaw ng mga hosana. Ang mga pilay na Kaniyang pinagaling ay nagsisilundag sa katuwaan, at sila ang masiglang-masigla sa pagbali ng mga sanga ng palma at iniwawasiwas ang mga ito sa harapan ng Tagapagligtas. Ibinubunyi ng mga babaeng balo at ng mga ulila ang pangalan ni Jesus dahil sa Kaniyang mga gawang kahabagan sa kanila. Inilalatag ng mga ketonging Kaniyang nilinis ang kanilang malilinis na damit sa landas na Kaniyang daraanan, at ibinunyi Siya bilang Hari ng kalu walhatian. Yaong mga ginising Niya sa tulog ng kamatayan ay naroon din at kasama ng karamihan. Si Lazaro, na nakatikim ang katawan ng kabulukan sa libingan, nguni't ngayon ay natutuwa sa taglay na lakas at lusog ng kabataan, ay siyang umakay sa batang asnong sinasakyan ng Tagapagligtas.

Maraming Pariseo ang nakakita sa tanawing yaon, at udyok [821]
ng matinding inggit at pagkagalit, ay sinikap nilang baguhin ang damdamin ng mga tao. Ginamit nila ang kanilang kapangyarihan upang mapatahimik ang mga tao; nguni't ang kanilang mga pakiusap at pagbabanta ay lalo pang nagpasidhi sa sigla ng pagsasaya. Siya'y nangangambang baka ang karamihang ito, sa bisa ng bilang nila, ay magpilit na si Jesus ay gawing hari. Bilang kahuli-hulihang paraan ay nakipaggitgitan sila sa karamihan patungo sa kinaroroonan ng Tagapagligtas, at binati Siya sa pamamagitan ng mga salitang naninisi at nagbabanta: "Guro, sawayin Mo ang Iyong mga alagad." Sinabi nilang ang gayong maingay na pamamahayag ay ipinagbabawal ng kautusan o ng batas, at hindi ipinahihintulot ng mga maykapangyarihan. Subali't sila'y nangatahimik sa sagot ni Jesus, "Sinasabi Ko sa inyo na, kung hindi mangagsiimik ang mga ito, ang mga bato'y biglang sisigaw." Ang tanawin ng pagtatagumpay ay itinadhana ng

Diyos. Iyon ay hinulaan ng propeta, at walang magagawa ang tao upang pigilin ang panukala ng Diyos. Kung hindi tutupdin ng mga tao ang Kaniyang panukala, bibigyan Niya ng tinig ang mga batong walang-buhay, at ang mga ito'y siyang magbubunyi sa Kaniyang Anak sa pamamagitan ng mga sigaw ng pagpupuri. Nang magsiurong ang nangatahimik na mga Pariseo, ang mga salita ng propeta Zacarias ay ipinagsigawan ng daan-daang mga tinig: "Magalak kang mainam, Oh anak na babae ng Siyon; humiyaw ka, Oh anak na babae ng Jerusalem: narito, ang iyong Hari ay naparirito sa iyo: Siya'y ganap, at may pagliligtas; mapagpakumbabang-loob, at nakasakay sa isang asno, sa isang batang asno na anak ng asnong-babae."

Nang dumating ang prusisyon sa taluktok ng burol, at malapit nang lumusong patungo sa lungsod, huminto si Jesus, at ang buong karamihang kasama Niya ay huminto rin. Sa harap nila ay nakalatag
[822] ang kaluwalhatian ng Jerusalem, na ngayo'y naliligo sa liwanag ng lumulubog ng araw. Napatuon sa templo ang lahat ng mga paningin. Sa marilag na pagkakatindig nito ay mataas ito sa lahat ng iba, na tila mandin nakaturo sa langit at para bagang sinasabi sa mga tao na may iisa lamang tunay at buhay na Diyos. Ang templo ay malaon nang ipinagmamalaki ng bansang Hudyo. Nagmamalaki rin ang mga Romano sa angking karilagan nito. Isang hari ang pinili ng mga Romano upang tulungan ang mga Hudyo na ito'y muling itayo at pagandahin, at ito'y binigyan ng emperador ng Roma ng masagana niyang mga kaloob. Ang tibay, yaman, at karilagan nito ay ginawa itong isa sa mga kamangha-mangha sa sanlibutan.

Samantalang ang namamaalam na araw ay gumuguhit ng mamula-mula't ginintuang kulay sa papawirin, pinagliwanag ng maningning nitong sinag ang dalisay na kaputian ng marmol na pader ng templo, at kumislap sa mga haliging nakakalupkupan ng ginto. Buhat sa taluktok ng burol na kinatatayuan ni Jesus at ng mga sumusunod sa Kaniya, iyon ay mistulang isang malaking bulto ng yelo, na natatamnan ng mga ginintuang taluktok. Sa may pintuan ng templo ay may isang baging ng ubas na ginto at pilak, na may mga luntiang dahon at malalaking kumpol ng ubas na hinugis ng mga dalubhasang artista. Ang disenyong ito ay kumakatawan sa Israel bilang isang malagong baging. Ang ginto, pilak, at buhay na buhay na kaluntian, ay nilangkapan ng pambihirang ayos at dalubhasang pagkakagawa; sa paikot na paggapang nito sa palibot ng maputi at

nagkikislapang mga haligi, na may mga ugat na nangagkabit sa mga ginintuang palamuti nito, ay tinamaan ito ng marilag na sinag ng lumulubog na araw, at nagliliwanag na para bagang nanghiram ng kaluwalhatiang buhat sa langit.

Pinagmasdan ni Jesus ang tanawin, at ang malaking karamihan ay natigilan, na waring namalikmata sa nakita nilang kagandahan. Lahat ng paningin ay napabaling sa Tagapagligtas, na nagsisiasang makakakita sa Kaniyang mukha ng paghangang kanila [823]
ring nadarama. Nguni't sa halip ay namalas nila sa Kaniya ang ulap ng kalungkutan. Sila'y namangha at nabigo nang makita nilang nangingilid sa Kaniyang mga mata ang luha, at ang Kaniyang katawan ay nanginginig na tulad ng isang punungkahoy na hinahampas ng unos, samantala'y isang daing ng hinagpis ang namulanggos sa Kaniyang nanginginig ng mga labi, na para bagang nagbubuhat sa kaibuturan ng isang pusong wasak. Nakalalagim na tanawin ito na makita ng mga anghel! Ang minamahal niIang Pinuno ay buong paghihirap-ng-lhoob na tumatangis! Kakatwang tanawin ito na makita ng masayang karamihan na sumisigaw ng tagumpay at nagwawasiwas ng mga sanga ng palma na umaabay sa Kaniya patungo sa maluwalhating siyudad, na doo'y inaasahan nilang Siya'y maghahari! Si Jesus ay tumangis sa libingan ni Lazaro, nguni't iyon ay banal na pagtangis dahil sa pakikiramay sa kapighatian ng mga tao. Subali't ang biglang pagkalungkot na ito ay natutulad sa isang daing ng paghihinagpis sa isang dakilang awitan ng pagtatagumpay. Sa gitna ng isang tagpo ng pagkakatuwaan, na doo'y inuukulan Siya ng pagsamba, ang Hari ng Israel ay lumuha; hindi luha ng kagalakan, kundi luha ng paghihinagpis at ng di-mapigil na paghihirap-ng-loob. Ang karamihan ay biglang nilukuban ng kapanglawan. Natahimik ang kanilang mga pagbubunyi. Marami ang nagsitangis din bilang pakikiramay sa isang kapighatiang hindi nila mapag-unawa.

Ang pagluha ni Jesus ay hindi dahil sa dumarating Niyang paghihirap. Sa harap Niya ay naroon ang Gethsemane, na doon ang lagim ng isang makapal na kadiliman ay lulukob sa Kaniya. Natatanaw rin Niya ang pintuan ng kulungan ng mga tupa, na doon itinitigil sa loob ng mga dantaon ang mga hayop na inihahandog. Ang pintuang ito ay malapit nang buksan sa Kaniya, ang dakilang Inaaninuhan, na siyang itinuturo ng lahat ng mga handog na inihain para sa mga [824]
kasalanan ng sanlibutan. Malapit dito ay naroon ang Kalbaryo,

ang pook na malapit na Niyang pagdusahan. Nguni't hindi dahil sa mga gunitaing ito ng malupit na kamatayang sasapit sa Kaniya kaya tumangis at naghinagpis ang Manunubos. Ang kalungkutan Niya'y hindi makasariling pagkalungkot. Ang pagkaalaala sa sasapitin Niyang sariling paghihirap ay hindi nakabalino sa marangal at mapagpakasakit na kaluluwang ito. Ang pagkakita sa Jerusalem ay siyang umulos sa puso ni Jesus—ang Jerusalem na tumanggi sa Anak ng Diyos at humamak sa Kaniyang pag-ibig, na tumangging maniwala sa mga kababalaghan Niyang gawa, at ngayo'y siyang malapit nang kumitil sa Kaniyang buhay. Nakita Niyang ito'y nagkasala sa pagtanggi nito sa kaniyang Manunubos, at nakita rin Niya kung ano sana ang magiging kalagayan nito kung tinanggap lamang nito Siya na siya lamang makapagpapagaling sa kaniyang sugat. Siya'y naparito upang ito'y tubusin; paano nga Niya ito mapababayaan?

Ang Israel a.y isang bayang itinangi; ang kanilang templo ay ginawa ng Diyos na Kaniyang tahanang dako; ito'y "maganda sa kataasan, ang kagalakan ng buong lupa." Awit 48:2. Ang tala tungkol sa sanlibong taong pag-iingat at pag-ibig ni Kristo, na gaya ng pagaaruga ng isang ama sa kaniyang bugtong na anak, ay naroroon. Sa templong yaon binigkas ng mga propeta ang solemne nilang mga babala. Doon iwinasiwas ang nagbabagang pansuob ng kamanyang, samantalang ang usok ng kamanyang, ay umiilanlang sa Diyos na kasama ang mga panalangin ng mga sumasamba. Doo'y umagos ang dugo ng mga hayop, na kumakatawan sa dugo ni Kristo. Doo'y naglingkod ang mga saserdote, at ang ringal ng sagisag at seremonya ay nagpatuloy sa buong mga panahon. Nguni't ang lahat nang ito ay
[825] kailangang magkaroon ng wakas.

Iniunat ni Jesus ang Kaniyang kamay—yaong kamay na madalas nagpapala sa mga maysakit at mga nahihirapan—at pagkakumpas sa dako ng mapapahamak na siyudad, ay pabulalas na nangusap nang pauntul-untol: "Kung sa araw na ito ay nakilala mo sana, sa iyong sarili, ang mga bagay na nauukol sa iyong kapayapaan!—" Dito'y huminto ang Tagapagligtas, at di-sinabi kung ano sana ang magiging kalagayan ng Jerusalem kung tinanggap lamang nito ang tulong na nais ng Diyos ibigay sa kaniya—ang kaloob ng Kaniyang pinakamamahal na Anak. Kung naalaman lamang ng Jerusalem ang bagay na karapatan niyang malaman, at tinanggap ang liwanag na ipinadala sa kaniya ng Langit, nakatayo sana siyang mariwasa, na reyna ng

mga kaharian, na malaya't may lakas na bigay ng Diyos. Hindi sana nagkaroon ng mga sandatahang kawal sa kaniyang mga pintuang-bayan, at wala rin sanang mga bandilang Romanong wumawagay-way sa kaniyang mga kuta. Ang maluwalhating kapalarang hinantungan sana ng mapalad na Jerusalem kung tinanggap lamang niya ang kaniyang Manunubos, ay nagbangon sa harap ng Anak ng Diyos. Nakita Niyang maaari sanang napagaling siya sa kaniyang mabigat na karamdaman, napalaya sana siya sa kaniyang pagkaalipin, at natatag sana siya bilang pinakamakapangyarihang punong-lungsod ng buong lupa. Sana buhat sa kaniyang mga kuta ay lalabas ang kalapati ng kapayapaan patungo sa lahat ng mga bansa. Siya sana ang naging diyadema ng kaluwalhatian ng sanlibutan.

Datapwa't ang sana'y magandang larawan ng Jerusalem ay naparam sa paningin ng Tagapagligtas. Nakita Niya ngayon ang kalagayan nito na pasan ang pamatok ng Roma, pasan ang pagsusungit ng Diyos, at patungo sa kapahamakan. Ngayo'y itinuloy Niya ang nauntol Niyang panaghoy: "Datapwa't ngayo'y pawang nangatatago sa iyong mga mata. Sapagka't darating sa iyo ang mga araw, na babakuran ka ng kuta ng mga kaaway mo, at kukubkubin ka, at [826]
gigipitin ka sa magkabi-kabila, at ilulugso ka sa lupa, at ang mga anak mo na nasa loob mo; at sa iyo'y hindi mag-iiwan ng bato sa ibabaw ng kapwa bato; sapagka't hindi mo nakilala ang panahon ng sa iyo'y pagdalaw."

Naparito si Kristo upang iligtas ang Jerusalem at pati kaniyang mga anak; nguni't ang maka-Pariseong kayabangan, pagpapaimbabaw, pagkainggit, at pagkagalit ang nakahadlang sa Kaniya sa pagsasakatuparan ng Kaniyang panukala. Batid ni Jesus ang kakila-kilabot na parusang sasapit sa huhukumang siyudad. Nakita Niya ang Jerusalem na naliligid ng mga hukbo, ang nakukulong na mga tao'y mahuhulog sa pagkagutom at sa kamatayan, ang mga ina'y magsisikain sa mga patay na katawan ng kanilang sariling mga anak, at ang mga magulang at mga anak ay mag-aagawan sa kahuli-hulihang piraso ng pagkain, at ang katutubong pagmamahalan ay wawasakin ng ngumangatngat na sigid ng gutom. Nakita Niyang ang katigasan ng ulo ng mga Hudyo, na ipinakikilala ng pagtanggi nila sa Kaniyang pagliligtas, ay aakay din sa kanila na huwag pailalim sa mga hukbong sumasalakay. Namasdan Niya ang Kalbaryo, na doon Siya'y itataas, na punung-puno ng mga krus na

parang gubat sa karamihan. Nakita Niya ang kaawa-awang mga mamamayan na pinahihirapan sa mga aparatong parusahan at sa pamamagitan ng pagpapako sa krus, ang magagandang palasyong winasak, ang templong guho, at sa makapal na kuta nito ay wala isa mang batong naiwan sa ibabaw ng kapwa bato, samantalang ang buong lungsod naman ay inararong gaya ng isang bukid. Dapat ngang tumangis nang may paghihirap ng loob ang Tagapagligtas dahil sa kakila-kilabot na tanawing yaon.

Ang Jerusalem ay sanggol na Kaniyang alaga, at gaya ng isang amang naaawa sa isang suwail na anak, kaya tinangisan ni Jesus
[827] ang lungsod na Kaniyang sinisinta. Paano ba kita mapababayaan? Paano kita matitiis na makitang mapapahamak? Pababayaan na ba kita upang mapuno ang takalan ng iyong katampalasanan? Ang isang kaluluwa ay napakahalaga, na anupa't ang mga sanlibutan ay nawawalan ng kabuluhan, kung ihahambing dito; nguni't narito ang isang buong bansang mapapahamak. Pagka lumubog na ang araw na matuling nagtatago sa dakong kanluran ng kalangitan, matatapos naman ang araw ng biyaya sa Jerusalem. Kaya samantalang nakahinto ang prusisyon sa taluktok ng bundok ng Olibo, ay hindi pa huli sa Jerusalem ang magsisi. Itinutupi na ngf anghel ng kaawaan ang kaniyang mga pakpak upang bumaba mula sa luklukang ginto at upang maglapat ng katarungan at ng mabilis-na-dumarating na kahatulan. Nguni't ang dakilang pusong umiibig ni Kristo ay namamanhik pa rin para sa Jerusalem, sa Jerusalem na lumibak sa Kaniyang mga kaawaan, humamak sa Kaniyang mga babala, at ngayo'y malapit nang dungisan ang kaniyang mga kamay sa Kaniyang dugo. Kung magsisisi lamang ang Jerusalem, ay hindi pa totoong huli. Habang nakadampulay pa ang mga huling silahis ng lumulubog na araw sa templo, sa tore, at sa taluktok, wala kayang sinumang mabuting anghel na aakay sa kaniya na Iumapit sa pag-ibig ng Tagapagligtas, at nang maiwasan niya ang pagkapahamak? Marikit at di-banal na lungsod, na bumato sa mga propeta, na tumanggi sa Anak ng Diyos, at ngayon ay nagkukulong sa bilangguan ng di-pagsisisi —ang araw ng kaawaan ay halos matatapos na sa kaniya!

Datapwa't muling nagsasalita sa Jerusalem ang Espiritu ng Diyos. Bago magtapos ang araw, ay isa pang saksi ang nagpatotoo kay Kristo. Pumailanlang ang tinig ng saksi, na tumutugon sa tawag ng nakaraang hula. Kung pakikinggan ng Jerusalem ang tawag,

kung tatanggapin niya ang Tagapagligtas na ngayo'y pumapasok sa kaniyang mga pintuang-bayan, maaaring maligtas pa siya. [828]

Ang mga balita'y umabot sa mga pinuno sa Jerusalem na si Jesus ay dumarating na sa siyudad na may kasamang malaking pulutong ng mga tao. Nguni't sila'y walang pasalubong sa Anak ng Diyos. Sila'y natatakot na lumabas upang Siya'y salubungin, sa pag-asang mapaghihiwa-hiwalay nila ang malaking karamihan. Nang lumulusong na ang prusisyon sa Bundok ng Olibo, sinalubong ito ng mga pinuno. Kanilang inusisa ang dahilan ng magulong pagkakatuwaan. Nang itanong nila, "Sino ito?" ang mga alagad, na lipos ng pagkasi ng Espiritu, ay nagsisagot sa tanong na ito. Sa matatas na pangungusap ay inulit nilang sabihin ang mga hula tungkol kay Kristo:

Sasabihin sa inyo ni Adan, Siya ang binhi ng babaeng dudurog sa ulo ng ahas.

Tanungin ninyo si Abraham at sasabihin niya sa inyo, Siya'y si "Melchizedek na Hari sa Salem," ang Hari ng Kapayapaan. Genesis 14:18.

Sasabihin sa inyo ni Jacob, Siya si Shiloh sa angkan ni Juda.

Sasabihin sa inyo ni Isaias, Siya ay si "Emmanuel," "Kamanghamangha, Tagapayo, Ang Makapangyarihang Diyos, Ang Walanghanggang Ama, Ang Prinsipe ng Kapayapaan." Isaias 7:14; 9:6.

Sasabihin sa inyo ni Jeremias, Siya ang Sanga ni David, "ang Panginoon na ating Katwiran." Jeremias 23:6.

Sasabihin sa inyo ni Daniel, Siya ang Mesiyas.

Sasabihin sa inyo ni Oseas, Siya "ang Panginoong Diyos ng mga hukbo; ang Panginoon ay Kaniyang alaala." Oseas 12:5.

Sasabihin sa inyo ni Juan Bautista, Siya "ang Kordero ng Diyos, na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan." Juan 1:29.

Ipinahayag ng dakilang Jehoba mula sa Kaniyang luklukan, "Ito
ang sinisinta Kong Anak." Mateo 3:17. Kami, na Kaniyang mga [829]
alagad, ay nagpapahayag, Siya ay si Jesus, ang Mesiyas, ang Prinsipe ng buhay, ang Manunubos ng sanlibutan.

At ang prinsipe ng mga kapangyarihan ng kadiliman ay kumikilala sa Kaniya, na nagsasabi, "Nakikilala kita kung sino Ka, ang Banal ng Diyos." Marcos 1:24. [830]

# Kabanata 64—Isang Bayang Hinatulan

Ang kabanalang ito ay batay sa Marcos 11:11-14, 20, 21; Mateo 21:17-19.

Ang matagumpay na pagpasok ni Kristo sa Jerusalem ay isang malabong anino ng Kaniyang pagparito na nasa mga alapaap ng langit na may kapangyarihan at kaluwalhatian, sa gitna ng pagwawagi ng mga anghel at pagkakatuwa ng mga banal. Saka matutupad ang mga sinalita ni Kristo sa mga saserdote at mga Pariseo: "Buhat ngayon ay hindi ninyo Ako makikita, hanggang sa in yong sabihin, Mapalad ang pumaparito sa pangalan ng Panginoon." Mateo 23:39. Sa isang pangitain ng hula ay ipinakita kay Zacarias ang araw na yaon ng huling tagumpay at nakita rin niya ang hatol sa doon sa mga nagsitanggi kay Kristo noong una Siyang pumarito: "Sila'y magsisitingin sa Akin na kanilang pinalagpasan; at kanilang tatangisan Siya, na gaya ng pagtangis sa bugtong na anak at magiging kapanglawan (kapaitan) sa Kaniya, na parang kapanglawan (kapaitan) sa kaniyang panganay." Zacarias 12:10. Ang tanawing ito ay pauna nang nakita ni Kristo nang pagmasdan Niya ang siyudad at ito'y Kaniyang tangisan. At sa pagkagiba ng Jerusalem ay nakita Niya rito ang huling pagkalipol ng bayang yaong nagkasala sa dugo ng Anak ng Diyos.

[831] Nakita ng mga alagad ang pagkapoot ng mga Hudyo kay Kristo, nguni't hindi pa nila nakikita kung saan ito hahantong. Hindi pa nila naiintindihan ang tunay na kalagayan ng Israel, ni napag-uunawa man ang parusang sasapit sa Jerusalem. Ang bagay na ito ay inihayag ni Kristo sa kanila sa pamamagitan ng isang makahulugang halimbawa.

Walang nangyari sa huling pamanhik sa Jerusalem. Narinig ng mga saserdote at ng mga pinuno ang tinig ng hula sa nakaraan na inulit ng karamihan, bilang sagot sa tanong na, "Sino ito?" subali't hindi nila ito tinanggap bilang tinig ng Diyos. Sa kanilang galit at panggigilalas ay pinagsikapan nilang patahimikin ang mga tao.

May mga kawal na Romano sa pulutong ng karamihan, at dito nila isinuplong si Jesus bilang pinuno ng isang paghihimagsik. Sinabi nilang Siya'y papasok na sa lungsod upang agawin ang templo, at upang magpuno bilang hari sa Jerusalem.

Nguni't ang banayad na tinig ni Jesus ang sandaling nagpatahimik sa kaingayan nang muli Niyang sabihin na hindi Siya naparito upang magtatag ng isang kaharian sa lupa; mga ilang araw pa ay aakyat na Siya sa langit sa Kaniyang Ama, at hindi na Siya makikita pa ng mga nagpaparatang sa Kaniya hanggang sa bumalik Siyang muli na nasa kaluwalhatian. Sa panahong yaon, kikilalanin nila Siya, nguni't huling-huli na para maligtas sila. Ang mga pangungusap na ito ay binigkas ni Jesus nang may kalungkutan at may katangi-tanging kapangyarihan. Ang mga kawal na Romano ay nangatigilan at nangagsihinahon. Ang mga puso nila, bagama't banyaga sa kapangyarihan ng Diyos, ay nangaantig na gaya ng dikailanman pagkaantig ng mga ito nang una. Sa payapa at banal na mukha ni Jesus ay natunghayan nila ang pagibig, ang kagandahang-loob, at ang pagkamarangal. Sila'y nakilos ng isang pakikiramay na hindi nila maunawaan. Sa halip na dakpin nila si Jesus, naganyak pa nga ang loob nila na Siya'y sambahin. Ang hinarap nila ngayon [832]
ay ang mga saserdote at mga pinuno, at kanilang pinaratangan ang mga ito na siyang lumilikha ng kaguluhan. Ang mga pinunong ito, palibhasa'y nangapahiya at nangabigo, ay bumaling sa mga tao at sinabi ang kanilang mga sumbong, at sila-sila ang nangagtalu-talo nang mainitan.

Samantala si Jesus ay nagtuloy sa templo nang walang nakapansin. Doo'y tahimik na tahimik, sapagka't ang pangyayari sa Bundok ng Olibo ay tumawag sa mga tao. Sumandaling namalagi si Jesus sa templo, at ito'y buong kalumbayang pinagmasdan. Pagkatapos ay umalis na Siyang kasama ng Kaniyang mga alagad, at sila'y nagbalik sa Betanya. Nang Siya'y hanapin ng mga tao upang Siya'y iluklok sa trono, ay hindi nila Siya nasumpungan.

Ang buong magdamag ay ginugol ni Jesus sa pananalangin, at kinaumagahan ay muli Siyang nagtungo sa templo. Sa daan ay may naraanan Siyang bakuran ng mga punong igos. Siya'y nagugutom, "at pagkatanaw Niya sa malayo ng isang puno ng igos na may mga dahon, ay lumapit Siya, na baka sakaling makasumpong doon ng anuman: at nang ito'y Kaniyang malapitan, ay wala Siyang na-

sumpungang anuman kundi mga dahon; sapagka't hindi pa panahon ng mga igos."

Hindi pa panahon noon ng mga hinog na igos, maliban sa ibang mga pook; at sa matataas na lugar sa palibot ng Jerusalem ay tunay ngang masasabing, "hindi pa panahon ng mga igos." Datapwa't sa bakurang nilapitan ni Jesus, ang isang puno roon ay waring namumukod sa iba. Malalago na ang mga dahon nito. Katutubo na sa mga puno ng igos na bago sumipot ang mga dahon, ay lumilitaw na ang lumalaking bunga. Kaya nga ang punong ito na mayabong at malago ang mga dahon ay maaasahang mayroon nang hinog na bunga. Subali't ang anyo nito ay magdaraya. Nang saliksikin na ang
[833] mga sanga nito, mula sa kababa-babaan hanggang sa kaita- itaasan, si Jesus ay "walang nasumpungang anuman kundi mga dahon." Iyon ay isang puno ng mapagkunwaring mga dahon, wala na.

Binigkas ni Jesus ang isang nagpapatuyong sumpa. "Sinumang tao'y hindi kakain ng iyong bunga mula nga yon at magpakailanman," sabi Niya. Kinabukasan ng umaga, nang muling magdaan doon ang Tagapagligtas at ang Kaniyang mga alagad patungo sa siyudad, tumawag ng kanilang pansin ang mga tuyong sanga at ang mga nangunguluntoy na dahon ng punong igos. "Panginoon," wika ni Pedro, "narito, ang sinumpa Mong puno ng igos ay natuyo."

Ang ginawa ni Kristong pagsumpa sa puno ng igos ay pinagtakhan ng mga alagad. Sa pakiwari nila'y naiiba iyon sa Kaniyang mga paraan at mga ginagawa. Madalas nilang narinig Siya na nagsasabing hindi Siya naparito upang hatulan ang sanlibutan, kundi ang sanlibutan ay maligtas sa pamamagitan Niya. Naalaala nila ang Kaniyang mga salitang, "Ang Anak ng tao ay hindi naparito upang magpahamak ng buhay ng mga tao, kundi upang magligtas ng mga ito." Lukas 9:56. Ang Kaniyang kahanga-hangang mga gawa ay pawang sa pagpapagaling, at kailanma'y hindi upang pumuksa. Nakilala lamang Siya ng mga alagad bilang Tagapagsauli, at Tagapagpagaling. Ang ginawang ito ang siya lamang namumukod. Ano ang nilalayon nito? tanong nila.

Ang Diyos ay "nalulugod sa kaawaan." "Buhay Ako, sabi ng Panginoong Diyos, wala Akong kasayahan sa kamatayan ng masama." Mikas 7:18; Ezekiel 33:11. Sa ganang Kaniya, ang gawain ng paglipol at ang paggagawad ng hatol ay isang "kakaibang gawain." Isaias 28:21. Nguni't dala ng Kaniyang habag at pag-ibig

kaya hinahawi Niya ang tabing sa hinaharap, at inihahayag sa mga tao ang mga ibinubunga ng gawang pagkakasala.

Ang pagsumpa sa puno ng igos ay isang ginampanang talinhaga. Ang punong walang-bunga, na nagyayabang ng kaniyang mapagkun- [834] waring mga dahon sa harap ni Kristo, ay sagisag ng bansang Hudyo. Nais ipaliwanag ng Tagapagligtas sa Kaniyang mga alagad ang dahilan at katiyakan ng hatol sa Israel. Dahil dito ay nilangkapan Niya ang punungkahoy ng mga katangiang moral, at ito'y ginawang tagapagpaliwanag ng banal na katotohanan. Ang mga Hudyo ay tumayong namumukod o natatangi sa lahat ng ibang mga bansa, na nagpapanggap na sila'y tapat sa Diyos. Sila'y tanging minahal ng Diyos, at inangkin nila ang kabanalan nang higit sa lahat ng ibang mga tao. Nguni't sila'y pinasama ng pag-ibig sa sanlibutan at ng katakawan sa salapi. Ipinaghambog nila ang kanilang nalalaman, subali't wala naman silang kaalam-alam sa mga hinihingi ng Diyos, at punung-puno sila ng pagpapaimbabaw. Tulad ng puno ng igos na walang-bunga, inilaladlad nila ang kanilang mayayabang na mga sanga, na sa malas ay malago at mabunga, at ma ganda sa tingin, subali't wala namang bunga "kundi mga dahon lamang." Ang relihiyon ng mga Hudyo, na may magarang templo, may mga banal na dambana, mav mga saserdoteng may tiyara o mitra, at may mga nakapupukaw na seremonya, ay tunay na maganda sa tingin, subali't ito'y salat naman sa kapakumbabaan, pag ibig, at kagandahang-loob.

Lahat ng mga puno sa bakuran ng mga punong igos ay pawang walang-bunga; subali't ang mga punong walang dahon ay tiyak nang hindi maaasahan, at hindi magiging sanhi ng kabiguan. Ang mga punong ito ay kumakatawan sa mga Hentil. Sila'y tulad sa mga Hudyong salat sa kabanalan; nguni't hindi naman sila nagpapanggap na naglilingkod sa Diyos. Wala silang ipinagyayabang na mga pakunwaring kabutihan. Wala silang kabatiran sa mga gawa at mga pamamaraan ng Diyos. Sa kanila ay hindi pa panahon ang pamumunga ng igos. Naghihintay pa sila ng araw na maghahatid sa kanila ng liwanag at pag-asa. Ang mga Hudyong nagsitanggap ng lalong malaking pagpapala mula sa Diyos, ay pinapanagot sa [835] kanilang pagmamalabis na ginawa sa mga kaloob na ito. Ang mga karapatang ipinagmayabang nila ay nagpabigat lamang sa kanilang pagkakasala.

Gutom na lumapit si Jesus sa puno ng igos, upang humanap ng makakain. Gutom din Siyang lumapit sa Israel, upang maghanap sa kanila ng mga bunga ng kat wiran. Masagana Niya silang binigyan ng mga kaloob, upang mangagbunga sila ng ikapagpapala sa sanlibutan. Lahat ng pagpapala at karapatan ay ibinigay sa kanila, at bilang kapalit naman ay hinahanapan Niya sila ng pakikiramay at pakikipagtulungan sa Kaniyang gawain ng biyaya. Pinanabikan Niyang makita sa kanila ang pagpapakasakit sa sarili at ang kahabagan, ang kasiglahan sa paglilingkod sa Diyos, at ang mataos na pagmimithing mailigtas ang kanilang mga kapwa tao. Kung tinalima lamang nila ang kautusan ng Diyos, nagawa sana nila ang di-makasariling gawaing gaya ng ginawa ni Kristo. Nguni't ang pag-ibig sa Diyos at sa tao ay pinapaglaho ng kayabangan at kapalaluan. Sila na rin ang nagdala ng kapahamakan sa kanilang mga sarili sa pagtanggi nilang maglingkod sa iba. Ang mga kayamanan ng katotohanang ipinagkatiwala sa kanila ng Diyos, ay hindi nila ipinamahagi sa sanlibutan. Sa puno ng igos na walangbunga ay nabasa sana nila ang kanilang kasalanan at kaparusahan. Natuyo dahil sa sumpa ng Tagapagligtas, nakatayong luoy at tuyot, at patay hanggang sa mga ugat, ipinakikilala ng puno ng igos kung magiging ano ang bansang Hudyo pagka binawi na sa kanila ang biyaya ng Diyos. Sa pagtanggi nilang mamahagi ng pagpapala, hindi na rin sila tatanggap nito. "Oh Israel," wika ng Panginoon, "ipinahamak mo ang iyong sarili." Oseas 13:9.

Ang babala ay para sa buong panahon. Ang ginawa ni Kristong pagsumpa sa puno ng igos na nilikha ng sarili Niyang kapangyarihan ay nakatayong isang babala sa lahat ng mga iglesya at sa lahat
[836] ng mga Kristiyano. Walang makapagsasakabuhayan ng kautusan ng Diyos kung hindi maglilingkod sa iba. Datapwa't marami ang hindi nagsasakabuhayan ng maawain at di-makasariling kabuhayan ni Kristo. Ang mga ibang ang akala sa kanilang mga sarili ay sila'y mabubuting mga Kristiyano ay hindi nakauunawa ng kung ano ang maglingkod sa Diyos. Sila'y nagpapanukala at nagsisipag-aral upang mabigyangkasiyahan ang kanilang mga sarili. Gumagawa lamang sila para sa sarili. Mahalaga lamang sa kanila ang panahon kung sila'y makapag-iimpok ng para sa sarili. Ang lahat nilang layunin sa buhay ay para sa sarili. Naglilingkod sila hindi sa mga iba kundi sa kanilang mga sarili. Nilalang sila ng Diyos upang manirahan

sa isang sanlibutang doo'y kailangang gampanan ang paglilingkod na di-makasarili. Sadyang pinanukala Niyang sila'y tumulong sa kanilang mga kapwa tao sa lahat ng paraan. Subali't lubhang napakalaki ng sarili na anupa't wala na silang makitang iba pa. Wala silang pakialam sa sangkatauhan. Yaong mga sa ganitong paraa'y nabubuhay para sa sarili ay katulad ng puno ng igos, na gumawa ng lahat ng pagkukunwari nguni't wala namang bunga. Ginaganap nila ang mga paraan o mga anyo ng pagsamba, nguni't wala namang pagsisisi o pananampalataya. Sinasabi nilang iginagalang nila ang kautusan ng Diyos, subali't ang pagtalima naman ay wala. Sinasabi nila, subali't hindi naman ginagawa. Sa hatol na iginawad sa puno ng igos ay ipinakikilala ni Kristong Siya'y namumuhi sa ganitong walang-kabuluhang pagkukunwari. Ipinahahayag Niyang ang lantarang gumagawa ng kasalanan ay hindi gasinong masama kaysa isang nagpapanggap na naglilingkod sa Diyos, nguni't hindi naman nagbubunga sa ikaluluwalhati ng Diyos.

Ang talinhaga tungkol sa puno ng igos, na binigkas bago dumalaw si Kristo sa Jerusalem, ay may tuwirang kaugnayan sa aral na itinuro Niya sa pagsumpa sa walang-bungang puno ng igos.
Sapagka't sa talinhaga ng punong walang-bunga ay nakiusap ang [837]
maghahalaman o hardinero, Pabayaan mo muna ngayong taong ito, hanggang sa makahukay ako sa palibot nito at maalagaan ko; at kung magbunga, ay mabuti; nguni't kung hindi, ay saka mo na putulin. Kailangang dagdagan pa ang pag-aalaga sa punong di-nagbubunga. Lahat ng mabuti ay dapat gawin dito. Datapwa't kung manatili pa rin itong hindi nagbubunga, wala nang makapagliligtas dito sa pagkalipol. Hindi sinabi sa talinhaga kung ano ang naging bunga ng ginawa ng maghahalaman. Nakabatay ito sa mga taong pinagsabihan ni Kristo ng talinhaga. Sila ang kumakatawan sa punong walang-bunga, at ipinauubaya sa kanilang kapasiyahan ang kanilang sariling kapalaran. Lahat ng kabutihang maipagkakaloob ng Langit ay ibinigay sa kanila, nguni't wala silang pinakinabang sa idinagdag na mga pagpapala sa kanila. Sa ginawa ni Kristong pagsumpa sa walang-bungang puno ng igos, ay ipinakita ang naging bunga. Siya ang nagpasiya ng sarili nilang kapahamakan.

Sa mahigit na sanlibong taon ay pinagmalabisan ng bansang Hudyo ang mga kahabagan ng Diyos at sila na ang nag-anyaya sa Kaniyang mga kahatulan. Tinanggihan nila ang Kaniyang mga

babala, at pinatay pa nila ang Kaniyang mga propeta. Ang mga kasalanang ito ay pinanagutan ng mga tao nang panahon ni Kristo dahil sa pagsunod nila sa gayunding hakbangin. Nakasalig sa pagtanggi nila sa ibinibigay na mga kaawaan at mga babala ang pagkakasala ng saling-lahing yaon. Ang mga tanikalang pinapanday ng bansa sa loob ng mga dantaon, ay iginapos ng mga tao sa kanilang mga sarili noong panahon ni Kristo.

Sa bawa't panahon ay binibigyan ang mga tao ng kanilang araw ng pagkakataon at karapatan, isang palugit na panahon ng pagsubok na sa panahong yaon ay maaari silang makipagkasundo sa Diyos. Subali't may hangganan ang biyayang ito. Ang awa o biyaya ay
[838] maaaring mamanhik sa loob ng mga taon at hamakin at tanggihan; nguni't dumarating ang panahon na natatapos ang pamamanhik na ito. Ang puso ay lubha nang tumitigas na anupa't hindi na ito tumutugon sa pakikiusap ng Espiritu ng Diyos. Tumitigil na nga ng pakikiusap sa makasalanan ang matamis at nanghihikayat na tinig, at nawawala na ang mga pagsansala at mga pagbababala.

Ang araw na iyan ay dumating na sa Jerusalem. Buong paghihirap ng loob na tinangisan ni Jesus ang bayang hinatulan, nguni't hindi naman Niya ito mailigtas. Naubos na Niya ang lahat ng paraan. Sa pagtanggi sa mga babala ng Espiritu ng Diyos, tinanggihan na ng Israel ang tanging tulong na maibibigay sa kanila. Wala nang iba pang kapangyarihang makapagliligtas sa kanila.

Ang bansang Hudyo ay sumasagisag sa lahat ng mga tao ng lahat ng mga panahon na lumibak o humamak sa mga pakikiusap ng Walang-hanggang Pag-ibig. Ang mga luha ni Kristo nang tangisan Niya ang Jerusalem ay para sa lahat ng mga kasalanan ng buong panahon. Sa mga hatol na iginawad sa Israel, ay maaari nang mabasa ng mga nagsisitanggi sa mga saway at mga babala ng Espiritu Santo ng Diyos ang hatol sa sarili nila.

Sa saling-lahing ito ay marami ang lumalakad sa lupang nilakaran ng mga Hudyong di-nananampalataya. Nasaksihan nila ang pagpapakita ng kapangyarihan ng Diyos; nagsalita ang Banal na Espiritu sa kanilang mga puso; subali't nanghawak pa rin sila sa kanilang di-paniniwala at paglaban. Pinadalhan sila ng Diyos ng mga babala at saway, subali't ayaw ng kanilang kalooban na ipahayag ang kanilang mga kasalanan at kamalian, at kanilang tinatanggihan ang Kaniyang pabalita at ang Kaniyang tagapagbalita. Ang tanging

lunas na Kaniyang ginagamit sa ikagagaling nila ay nagiging batong katitisuran sa ganang kanila.

Ang mga propeta ng Diyos ay kinapootan ng tumalikod na Israel dahil sa sila ang nagbunyag ng natatago nilang mga kasalanan. Si [839]
Elias ay itinuring ni Ahab na kaniyang kaaway dahil sa tapat ang propeta sa pagsaway sa mga lihim na kasalanan ng hari. Kaya ngayon ang lingkod ni Kristo, na sumasaway ng kasalanan, ay nakakasagupa rin ng mga paglibak at mga paghamak. Ang katotohanan ng Bibliya, ang relihiyon ni Kristo, ay nakikipagpunyagi laban sa malakas na agos ng karumihang moral. Ang maling-palagay ay higit na malakas sa mga puso ng mga tao ngayon kaysa noong panahon ni Kristo. Hindi tinupad ni Kristo ang mga inaasahan ng mga tao; ang Kaniyang kabuhayan ay naging isang sumbat sa kanilang mga kasalanan, at tinanggihan nila Siya Kaya ngayon ang katotohanan ng salita ng Diyos ay hindi rin nakakaayon ng mga ginagawa ng mga tao at ng kanilang katutubong hilig, at libu-libo ang tumatanggi sa liwanag nito. Sa udyok ni Satanas ay pinag-aalinlanganan ng mga tao ang salita ng Diyos, at sarili nilang kurukuro ang kanilang sinusunod. Pinipili nila ang kadiliman sa halip na ang piliin nila'y kaliwanagan, subali't ginagawa nila ito sa ikapapanganib ng kanilang mga kaluluwa. Yaong mga sumasalansang sa mga salita ni Kristo ay nakakasumpong ng lalo pang maraming dahilan upang sumalansang, hanggang sa talikuran na nila ang Katotohanan at ang Buhay. Ganyan din naman ngayon. Hindi binabalak ng Diyos na alisin ang bawa't bagay na tinututulan ng pusong-laman laban sa Kaniyang katotohanan. Sa mga tumatanggi sa mahahalagang silahis ng liwanag na makatatanglaw sa kadiliman, ay mananatiling gayon magpakailanman ang mga hiwaga ng salita ng Diyos. Matatago sa kanila ang katotohanan. Lumalakad silang pa rang mga bulag, at hindi, nila nalalaman ang kapaha makang nasa harapan nila.

Tinanaw ni Kristo ang sanlibutan at ang buong kapanahunan buhat sa mataas na Olibo at ang mga salita Niya'y naaangkop sa bawa't kaluluwang di-nagpapahalaga sa mga pamanhik ng maawaing Diyos. Ikaw na humahamak sa Kaniyang pag-ibig, Siya'y [840]
nagsasalita sa iyo ngayon. "Ikaw, samakatwid baga'y ikaw," ang marapat na makaalam ng mga bagay na nauukol sa iyong kapayapaan. Si Kristo'y nagtitigis ng mapapait na luha dahil sa iyo, sa iyo na wala namang mga luhang pinadadaloy para sa iyong sarili.

Ngayon pa man ang nakamamatay na katigasan ng pusong nagpahamak sa mga Pariseo ay nakikita na sa iyo. At bawa't katunayan ng biyaya ng Diyos, bawa't silahis ng banal na liwanag, ay alinman sa nagpapaagnas at nagpapasuko sa kaluluwa, o kaya'y nagpapatibay rito sa kawalang-pag-asa ng di-pagsisisi.

Nakitang-pauna ni Kristo na ang Jerusalem ay mananatiling nagmamatigas at di-nagsisisi; gayon man ang lahat ng sala, ang lahat ng mga bunga ng pagtanggi sa kahabagan, ay nakalagay sa sarili niyang pintuan. Ganito rin ang mangyayari sa bawa't kaluluwang sumusunod sa gayunding hakbangin. Ang Panginoon ay nagsasabi, "Oh Israel, ipinahamak mo ang iyong sarili." "Iyong pakinggan, Oh lupa: narito, Ako'y magdadala ng kasamaan sa bayang ito, na bunga ng kanilang mga pagiisip, sapagka't sila'y hindi nangakinig sa Aking mga salita, ni sa Akin mang kautusan, kundi ito'y kanilang
[841] itinakwil." Oseas 13: 9; Jeremias 6:19.

# Kabanata 65—Ang Templo Nalinis na Muli

Ang kabanatang ito ay batay sa Mateo 21:12-16, 23-46; Marcos 11:15-19, 27-33; 12:1-12; Lukas 19:45-48; 20:1-19.

Nang pasimulan ni Kristo ang Kaniyang ministeryo, ay pinalayas Niya sa templo ang mga lumapastangan dito dahil sa kanilang di-banal na pangangalakal; at ang Kaniyang mabagsik at tulad sa Diyos na kaanyuan ay nagdulot ng sindak sa mga puso ng mga tusong mangangalakal. Nang matatapos na ang Kaniyang misyon ay muli Siyang naparoon sa templo, at natagpuan Niyang ito'y nilalapastangan pa ring gaya nang una. Ang kalagayari ng mga bagay-bagay ay higit pa ngang masama kaysa nang una. Ang patyo sa labas ng templo ay tulad sa napakalaking kural ng mga baka. Sa mga ungalan ng mga hayop at kalansingan ng mga kuwarta ay napapahalo ang pagalit na sigawan ng mga nagbibilihan, at dito'y kabilang ang mga tinig ng mga taong nasa banal na tungkulin. Ang matataas na pinuno ng templo ay siya na ring mga namimili at nagbibili at namamalit ng salapi. Lubos na lubos na silang supil ng kasibaan sa salapi na anupa't sa paningin ng Diyos ay wala silang pinag-ibhan pa sa mga magnanakaw.

Bahagya nang nadama ng mga saserdote at ng mga pinuno ang kabanalan ng gawaing kanilang ginagampanan. Tuwing Paskuwa at Pista ng mga Tabernakulo, ay libu-libong mga hayop ang pinapatay, [842]
at ang dugo ng mga ito ay sinasahod ng mga saserdote at ibinubuhos sa dambana. Nabihasa na ang mga Hudyo sa paghahandog ng dugo, at nalimot na nila ang katotohanan na ang kasalanan ay siyang dahilan kung bakit kailangan ang ganitong pagbububo ng dugo ng mga hayop. Hindi nila napag-unawang ito'y kumakatawan sa dugo ng mahal na Anak ng Diyos, na kailangang mabubo sa ikabubuhay ng sanlibutan, at sa pamamagitan ng paghahandog ng mga hain ang mga tao ay dapat maituro sa isang ipinako sa krus na Manunubos.

Minasdan ni Jesus ang mga walang-salang hayop na ihahain, at nakita Niyang ang malalaking pagtitipong ito ay ginawa ng mga

Hudyo na mga tanawin ng kalupitan at pagpapadanak ng dugo. Sa halip na tapat at mapagpakumbabang pagsisisi ng kasalanan, ay pinarami pa nila ang pagpatay sa mga hayop, na para bagang ang Diyos ay napararangalan sa pamamagitan ng walangawang paglilingkod. Pinatigas ng mga saserdote at mga pinuno ang kanilang mga puso sa pamamagitan ng kasakiman at kayamuan. Ang mga sagisag na tumuturo sa Kordero ng Diyos ay ginawa nilang isang paraan ng pagpapayaman. Kaya sa paningin ng mga tao ay nasira at nawalan ng kabuluhan ang kabanalan ng mga paghahandog. Napukaw ang galit ni Jesus; batid Niyang malapit nang matigis ang Kaniyang dugo dahil sa mga kasa lanan ng sanlibutan, at ito'y pawawadang-halaga ng mga saserdote at mga matatanda na tulad ng dugo ng mga hayop na patuloy nilang pinadadanak.

Laban sa mga ginagawang ito nagsalita si Kristo sa pamamagitan ng mga propeta. Si Samuel ay nagsabi, "Nagtataglay kaya ang Panginoon ng napakadakilang pagkatuwa sa mga handog na susunugin at sa mga hain, na gaya sa pagsunod sa tinig ng Panginoon? Narito, ang pagsunod ay maigi kaysa hain, at ang pagdinig
[843] kaysa taba ng mga tupang lalaki." At si Isaias naman, palibhasa'y nakita niya sa pangitain ng hula ang gagawing pagtalikod ng mga Hudyo, ay pinagsalitaan silang tulad sa mga pinuno ng Sodoma at Gomorra: "Pakinggan ninyo ang salita ng Panginoon, ninyong mga pinuno ng Sodoma; mangakinig kayo sa kautusan ng ating Diyos. kayong bayan ng Gomorra. Sa anong kapararakan (layunin) ang karamihan ng inyong mga hain sa Akin? sabi ng Panginoon: Ako'y puno ng mga handog na susunugin na mga tupang lalaki, at ng mataba sa mga hayop na pinataba at Ako'y hindi nalulugod sa dugo ng mga toro, o ng mga kordero, o ng mga kambing na lalaki. Nang kayo'y magsidating na pakita sa harap Ko, sinong humingi nito sa inyong kamay, upang inyong yapakan ang Aking mga looban?" "Mangaghugas kayo, mangaglinis kayo; alisin ninyo ang kasamaan ng inyong mga gawa sa harap ng Aking mga mata; mangaglikat kayo ng paggawa ng kasamaan; mangatuto kayong magsigawa ng mabuti; inyong hanapin ang kahatulan, inyong saklolohan ang napipighati, inyong hatulan ang ulila, ipagsanggalang ninyo ang babaeng bao." 1 Samuel 15: 22; Isaias 1:10-12, 16, 17.

Siya na nagbigay ng mga hulang ito ay Siya rin ngayong umuulit ng babala sa kahuli-hulihang pagkakataon. Bilang katuparan ng hula

si Jesus ay ipinagbunyi ng mga tao bilang hari ng Israel. Tinanggap Niya ang kanilang pagsamba, at tinanggap din ang tungkuling pagka-hari. Dapat Siya ngayong kumilos nang ayon sa tungkuling ito. Batid Niyang mawawalan ng kabuluhan ang gagawin Niyang mga pagsisikap na baguhin ang sumamang tungkulin ng pagka-saserdote; gayon pa man ay dapat din Niyang gawin ang Kaniyang gawain; dapat Niyang maibigay sa mga taong di-naniniwala ang katunayan ng Kaniyang banal na misyon.

Muling pinaraanan ni Jesus nang matalim na sulyap ang buong patyo ng templo na nilalapastangan. Lahat ng mata ay napabaling sa Kaniya. Ang saserdote at pinuno, ang Pariseo at ang Hentil, ay nan- [844]
gapatinging namamangha at nangingimi sa Kaniya na nakatayong taglay ang kamaharlikaan at karangalan ng Hari ng langit sa harap nila. Ang pagka-Diyos ay lumagos sa Kaniyang pagka-tao, na nagbigay kay Kristo ng karangalan at kaluwalhatiang hindi pa kailanman nakita sa Kaniya nang una. Yaong mga nakatayong pinakamalapit sa Kaniya ay nagsiurong nang palayo na nagsumiksik sa karamihan. Liban sa ilang mga alagad Niya, ang Tagapaligtas ay naiwang nag-iisa. Natahimik ang lahat. Nakabibingi ang tindi ng katahimikang naghari. Nagsalita si Kristong taglay ang kapangyarihang yumanig sa mga tao na gaya ng isang malakas na unos: "Nasusulat nga, Ang Aking bahay ay tatawaging bahay-panalanginan; datapwa't ginawa ninyong yungib ng mga tulisan." Ang tinig Niya ay umugong na tulad ng isang pakakak sa buong templo. Ang pagkamuhing nakabadha sa Kaniyang mukha ay waring gaya ng apoy na mamumugnaw. Taglay ang kapangyarihang Siya'y nag-utos, "Alisin ninyo rito ang mga bagay na ito." Juan 2:16.

Nang tatlong taong nakaraan, ang mga pinuno ng templo ay nangapahiya sa kanilang pagtakbo't pagtakas sa harap ng nag-utos na si Jesus. Mula noon ay pinagtakhan na nila ang pagkatakot nila, at ang walang liwag nilang pagsunod sa nag-iisa't abang Tao. Sa sarili nila'y nadama nilang hinding-hindi na mauulit ang nakahihiya nilang pagsuko. Gayon pa man sila'y higit na takot ngayon kaysa nang una, at lalo pang nagmamadali sa pagsunod sa Kaniyang utos. Walang sinumang nakapangahas na magtanong sa kung anong kapangyarihan pinalalayas Niya sila. Ang mga saserdote at ang mga mangangalakal ay nagsitakas sa harapan Niya, na itinataboy ang kanilang mga baka sa unahan nila.

Sa daang palabas buhat sa templo ay nasalubong nila ang isang pulutong na dala ang kanilang mga maysakit at itinatanong ang
[845] Dakilang Manggagamot. Ang balitang sinabi ng mga taong nag-
[846] sisitakas ay naging sanhi ng pag-urong ng iba sa mga ito. Natakot silang humarap sa Isa na lubhang makapangyarihan, na ang buong kaanyuan ay nagpatakbo at nagtaboy sa mga saserdote at mga pinuno. Gayunma'y isang malaking bilang ang nakipaggitgitan sa nangagmamadaling karamihan, sa kasabikang makarating sa Kaniya na siya nilang tanging pagasa. Nang magsitakas mula sa templo ang karamihang tao, marami pa rin ang nagpaiwan. Dito nakisama ang mga bagong dating. Ang patyo ng templo ay muli na namang napuno ng mga maysakit at mga malulubha ang kalagayan, at sila'y minsan pang pinaglingkuran ni Jesus.

Makaraan ang ilang sandali ay nangahas nang bumalik sa templo ang mga saserdote at mga pinuno. Nang humupa na ang pagkakagulo, sila'y nangag-alala at kinasabikan nilang maalaman kung ano kaya ang susunod na gagawin ni Jesus. Inasahan nilang Siya'y luluklok sa trono ni David. Sa matahimik nilang pagbabalik sa templo, ay napakinggan nila ang mga tinig ng mga lalaki at mga babae at mga bata na nagsisipuri sa Diyos. Pagkapasok nila, napatda sila sa pagkakatayo sa harap ng kagila-gilalas na tanawin. Nakita nilang pinagaling ang mga maysakit, pinadilat ang mga bulag, nakarinig ang mga bingi, at ang pilay ay naglundagan sa katuwaan. mga bata ang nangunguna sa pagsasaya. Pinagaling ni Jesus ang kanilang mga karamdaman; niyakap Niya sila, tinanggap Niya ang kanilang mga halik ng pag-ibig at pasasalamat, at ang iba'y nangakatulog sa Kaniyang kandungan habang Siya'y nagtuturo sa mga tao. Sa nangagagalak na tinig ay ibinulalas ng mga bata ang pagpupuri sa Kaniya. Inulit nilang isigaw ang mga hosana ng nagdaang araw, at iwinasiwas nila sa harap ng Tagapagligtas ang mga sanga ng palma. Ang templo'y nag-inugong at muli pang nag-inugong sa masaya nilang mga pagpupuri't pagbubunyi, "Mapalad Siya na dumarating
[847] sa pangalan ng Panginoon!" "Narito, ang iyong Hari ay napaparirito sa iyo: Siya'y ganap, at may pagliligtas!" Awit 118: 26; Zacarias 9:9. "Hosana sa Anak ni David!"

Ang malalakas at masasayang tinig na ito ay ikina yamot ng mga namumuno sa templo. Binalak nilang patigilin ang gayong mga pagsasaya. Sinabi nila sa mga taong ang bahay ng Diyos

ay nalalapastangan ng mga paa ng mga bata at ng mga sigaw ng pagkakatuwa. Nang makita nilang ang mga sinabi nila'y hindi pinapansin ng mga tao, pinamanhikan ng mga pinuno si Kristo: "Naririnig Mo baga ang sinasabi ng mga ito? At sinabi sa kanila ni Jesus, Oo: kailanman baga'y hindi ninyo nabasa, Mula sa mga bibig ng mga sanggol at ng mga sumususo ay Iyong nilubos ang pagpupuri?" Ipinagpauna na ng hula na si Kristo ay itatanyag na hari, at ang salitang yaon ay dapat matupad. Tumanggi ang mga saserdote at mga pinuno na itanyag ang Kaniyang kaluwalhatian, at inudyukan ng Diyos ang mga bata na maging mga saksi Niya. Kung hindi nagsigawan sa pagbubunyi ang mga tinig ng mga bata, ang mga haligi mismo ng templo ay naghinugong sana sa pagpupuri sa Tagapagligtas.

Ganap na nagulumihanan at napahiya ang mga Pariseo. Isang hindi nila kayang takutin ang nag-utos. Kinuha ni Kristo ang tungkuling tagapag-ingat ng templo. Kailanman noong una ay hindi Niya ginanap ang ganitong makaharing tungkulin. Kailanman noong una ay hindi nagtaglay ng napakalaking kapangyarihan ang Kaniyang mga salita at mga gawa. Gumawa Siya ng mga kababalaghang gawa sa buong Jerusalem, subali't di-kailanman sa ganitong napakasolemne at lubhang nakapagkikintal na paraan. Sa harap ng mga taong nakasaksi ng Kaniyang kahanga-hangang mga gawa, ay hindi nakapangahas ang mga saserdote at mga pinuno na magpakita ng hayagang paglaban sa Kaniya. Bagama't sila'y galit at nangapahiya sa Kaniyang itinugon, ay wala na silang anumang nagawa nang araw na iyon. [848]

Kinabukasan ng umaga ay pinag-usapang muli ng Sanedrin kung ano ang marapat gawin kay Jesus. Noong may tatlong taon na ang nakaraan, humingi sila sa Kaniya ng tanda ng Kaniyang pagiging-Mesiyas. Buhat naman noon ay marami nang mga gawang makapangyarihan ang ginawa Niya sa buong lupain. Nagpagaling Siya ng mga maysakit, buong kababalaghang pinakain ang libu-libong mga tao, lumakad Siya sa ibabaw ng umaalimbukay na mga alon, at pinatahimik Niya ang nagngangalit na karagatan. Paulit-ulit na binasa Niya ang puso ng mga tao na gaya ng isang bukas na aklat; nagpalabas Siya ng mga demonyo, at bumuhay ng mga patay. Kaya lantad sa harap ng mga pinuno ang mga katibayan ng Kaniyang pagiging-Mesiyas. Ngayo'y ipinasiya nilang huwag nang

humingi ng anumang tanda ng Kaniyang kapangyarihan, kundi ibig nilang makakuha sa Kaniya ng isang pag-amin o pahayag na sa pamamagitan niyon ay Siya'y kanilang mahahatulan.

Pagbabalik nila sa templo na Kaniyang pinagtuturuan, patuloy nilang tinanong Siya: "Sa anong kapamahalaan ginagawa Mo ang mga bagay na ito? at sino ang nagbigay sa Iyo ng kapamahalaang ito?" Inasahan nilang sasabihin Niya na buhat sa Diyos ang Kaniyang kapangyarihan. Ang gayong pahayag ay balak nilang itatwa. Nguni't sinagot sila ni Jesus ng isang tanong na sa malas ay nauukol sa ibang paksa, at ang Kaniyang sagot ay ibinatay Niya sa isasagot nila sa tanong na ito. "Ang bautismo ni Juan," wika Niya, "saan baga nagmula? sa langit, o sa mga tao?"

Nakita ng mga saserdoteng sila'y nasa kagipitan at hindi sila makaaalis dito kahit na anong lalang ang kanilang gawin. Kung sabihin nilang ang bautismo ni Juan ay buhat sa langit, mahahalata agad ang di-pagkakatugma ng kanilang mga sinasabi. Masasabi ni Kristong, Bakit nga hindi kayo nagsipaniwala sa kaniya? Si
[849] Juan ay nagpatotoo tungkol kay Kristo, "Narito ang Kordero ng Diyos, na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan." Juan 1:29. Kung pinaniwalaan ng mga saserdote ang patotoo ni Juan, paano nga nila maitatatwa ang pagiging-Mesiyas ni Kristo? Kung sasabihin naman nila ang tunay nilang paniniwala, na ang ministeryo ni Juan ay sa mga tao, isang bagyo ng galit ang babagsak sa kanila; sapagka't naniwala ang mga tao na si Juan ay isang propeta.

Taglay ang matinding kasabikang naghintay ng kasagutan ang karamihan. Batid nilang ang mga saserdote'y nagpanggap na tinanggap nila't pinaniniwalaan ang ministeryo ni Juan, at inasahan nilang aaminin ng mga ito nang walang pag-aalinlangan na siya'y nagbuhat nga sa Diyos. Nguni't pagkatapos nilang makapag-usap-usap nang lihim, ipinasiya ng mga saserdoteng wala silang dapat na amining anuman. Nagkukunwaring walang nalalaman, sila'y nagwika, "Hindi namin nalalaman." "Hindi Ko rin naman sasabihin sa inyo," sabi ni Kristo, "kung sa anong kapamahalaan ginagawa Ko ang mga bagay na ito."

Natigilan ang mga saserdote, mga eskriba, at mga pinuno. Lito at bigo, sila'y nakatayong tungo ang ulo, at hindi na nakapangahas pang magtanong kay Kristo. Dahil sa kanilang karuwagan at pag-aalanganin sa pagpapasiya ay sinira nila ang paggalang at pagtitiwala

ng mga tao, na ngayon ay nangakatayo, at pinagtatawanan ang pagkagapi ng mayayabang at nagbabanal-banalang mga taong ito.

Ang lahat ng mga salita at mga gawang ito ni Kristo ay pawang mahahalaga, at ang lumalaking impluwensiya nito ay nadarama pagkatapos na Siya'y mabayubay sa krus at makaakyat sa langit. Ang marami sa mga naghintay ng sagot sa pagtatanong ni Jesus ay magiging mga alagad Niya sa wakas, na unang nangapalapit sa Kaniya dahil sa mga sinalita Niya nang makabuluhang araw na yaon. Ang tanawing nakita nila sa patyo ng templo ay hindi na kailanman mapapawi sa kanilang mga pag-iisip. Halatang-halata ang pagkakaiba ni Jesus at ng dakilang saserdote nang sila'y nag-usap. [850]
Ang mayabang na pinuno ng templo ay nararamtan ng magara at mamahaling damit. Sa kaniyang ulo ay nakasuot ang kumikislap na tiyara. Marangal ang kaniyang tindig, ang kaniyang buhok at mahabang balbas ay pilak na dahil sa taglay niyang gulang. Pinangimian ng mga tumitingin ang kaniyang anyo. Sa harap ng marangal na taong ito ay nakatayo ang Hari ng langit, na walang gayak o gara man. Ang Kaniyang damit ay dungisan dahil sa paglalakbay; maputla ang Kaniyang mukha, at naghahayag ng tinitimping kalungkutan; gayunma'y nakabadha roon ang dangal at kagandahang-loob na kaibang-kaiba sa palalo, mapagtiwala-sa-sarili, at galit na anyo ng dakilang saserdote. Marami sa mga nakasaksi ng mga salita at mga gawa ni Jesus sa templo buhat nang panahong yaon ay idinambana na Siya sa kanilang mga puso bilang isang propeta ng Diyos. Nguni't nang ang damdaming-bayan ay pumanig sa Kaniya, lalo namang nag-ulol ang galit ng mga saserdote kay Jesus. Ang dunong Niya sa pag-iwas sa mga silong inilagay nila sa Kaniyang mga paa, palibhasa'y isa pa itong bagong katibayan ng Kaniyang pagka-Diyos, ay lalo pang nagpatindi sa kanilang galit.

Sa mga pakikitunggali ni Kristo sa mga rabi, ay hindi Niya layunin ang sila'y hiyain o hamakin. Hindi Niya ikinatuwa ang sila'y makitang nagigipit. Ang nais Niya'y makapagbigay at makapagturo ng mahalagang aral. Sinindak Niya ang Kaniyang mga kaaway sa pagpapahintulot na sila'y malagay at masilo sa lambat na patibong na iniumang nila sa Kaniya. Ang kanilang pag-amin na wala silang namamalayan tungkol sa likas ng bautismo ni Juan ay nagbigay sa Kaniya ng pagkakataon na makapagsalita, at mapabuti ang pagkakataon na maiharap sa kanila ang tunay na katayuan o

kalagayan nila, at sa ganito'y isa pang babala ang naidagdag sa
[851] marami nang naibigay sa kanila.

"Ano sa akala ninyo?" wika Niya. "Isang tao ay may dalawang anak; at lumapit siya sa una, at sinabi, Anak, yumaon ka at gumawa ka ngayon sa aking ubasan. At sumagot siya at sinabi, Ayaw ko: datapwa't nagsisi siya pagkatapos, at naparoon. At siya'y lumapit sa ikalawa, at gayundin ang sinabi. At sumagot siya at sinabi, Ginoo, ako'y paroroon: at hindi naparoon. Alin baga sa dalawa ang gumanap ng kalooban ng kaniyang ama?"

Ang biglang tanong na ito ay ikinabigla't ikinalingat ng mga nakikinig sa Kaniya. Maingat nilang sinundan ang pagsasalaysay ng talinhaga, at ngayo'y kagyat silang sumagot ng, "Ang una." Itinuon ni Jesus ang Kaniyang mata sa kanila, at nagsalita sa tinig na mabagsik at solemne: "Katotohanang sinasabi Ko sa inyo, Na ang mga maniningil ng buwis at ang mga patutot ay nangauuna sa inyo ng pagpasok sa kaharian ng Diyos. Sapagka't naparito si Juan sa inyo sa daan ng katwiran, at hindi ninyo siya pinaniwalaan: datapwa't pinaniwalaan siya ng mga maniningil ng buwis at ng mga patutot: at kayo, sa pagkakita ninyo nito, ay hindi man kayo nangagsisi pagkatapos, upang kayo'y magsipaniwala sa kaniya."

Walang magagawa ang mga saserdote at mga pinuno kundi magbigay ng tamang sagot sa tanong ni Kristo, at kaya nga natamo Niya ang kanilang palagay na pumapanig sa unang anak. Ang anak na ito ay kumakatawan sa mga maniningil ng buwis, na mga hinahamak at kinapopootan ng mga Pariseo. Ang mga maniningil ng buwis ay talagang may masasamang ugali. Talagang sila'y pusakal na mananalansang ng kautusan ng Diyos, na ipinakikita sa kanilang mga kabuhayan ang lubos na paglabag sa lahat Niyang mga iniuutos. Sila'y mga walang-utangna-loob at walang-kabanalan; nang pagsabihang yumaon at gumawa sa ubasan ng Panginoon, sila'y may paghamak na tumanggi. Datapwa't nang dumating si Juan,
[852] na nangangaral ng pagsisisi at pagbibinyag, ay tinanggap ng mga maniningil ng buwis ang pabalitang ito at nagsipagpabinyag.

Ang pangalawang anak ay kumakatawan sa mga tanyag na tao ng bansang Hudyo. Ang ilan sa mga Pariseo ay nagsipagsisi at nagsitanggap ng bautismo ni Juan; subali't ang mga namumuno ay ayaw kumilalang siya ay nagbuhat sa Diyos. Ang Kaniyang mga babala at mga pagsansala ay hindi umakay sa kanila na magbago.

Kanilang "tinanggihan ang payo ng Diyos laban sa kanilang mga sarili, at hindi napabautismo sa Kaniya." Lukas 7: 30. Hinamak nila ang Kaniyang pabalita. Katulad ng ikalawang anak, na, nang tawagin, ay nagsabi, "Ginoo, ako'y paroroon," nguni't hindi naman naparoon, ang mga saserdote at mga pinuno ay nagpanggap na tumatalima, subali't ang ginagawa ay pagsuway. Ipinangalandakan nilang sila'y mga banal, sinabi nilang sila'y nagsisitalima sa kautusan ng Diyos, nguni't ang kanilang ginagawa ay maling pagtalima. Ang mga maniningil ng buwis ay tinuligsa at sinumpa ng mga Pariseo bilang mga di-naniniwalang may Diyos; nguni't ipinakilala nila sa pamamagitan ng kanilang pananampalataya at mga gawa na sila'y nangauuna na sa kaharian ng langit kaysa mga taong ito na nangagbabanal-banalan at nagsitanggap ng malaking liwanag, subali't ang mga gawa ay hindi natutugma sa sinasabi nilang kabanalan.

Hindi kayang bathin ng mga saserdote at mga pinuno ang mga nananaliksik na katotohanang ito; gayon pa ma'y nagsawalang-imik sila, at nagsiasang si Jesus ay makapagsasalita ng isang bagay na maibabaling nila laban sa Kaniya; nguni't marami pa rin silang babathin.

"Pakinggan ninyo ang isa pang talinhaga," wika ni Kristo: "May isang tao na puno ng sambahayan, na nagtanim ng isang ubasan, at binakuran niya ng mga buhay na punungkahoy sa palibot, at humukay roon ng isang pisaan ng ubas, at nagtayo ng isang bantayan, at ipinagkatiwala yaon sa mga magsasaka, at napasa ibang [853]
lupain: at nang malapit na ang panahon ng pamumunga, ay sinugo niya ang kaniyang mga alipin sa mga magsasaka, upang tanggapin ang kaniyang bunga. At pinaghahawakan ng mga magsasaka ang kaniyang mga alipin, at hinampas nila ang isa, at ang isa'y pinatay, at ang isa'y binato. Muling sinugo niya ang ibang mga alipin na mahigit pa sa nangauna: at ginawa rin sa kanila ang gayunding paraan. Datapwa't pagkatapos ay sinugo niya sa kanila ang kaniyang anak na lalaki, na nagsasabi, Igagalang nila ang aking anak. Datapwa't nang makita ng mga magsasaka ang anak, ay nangag-usapan sila, Ito ang tagapagmana; halikayo, siya'y ating patayin, at kunin natin ang kaniyang mana. At siya'y hinawakan nila, at itinaboy siya sa ubasan, at pinatay siya. Pagdating nga ng panginoon ng ubasan, ano kaya ang gagawin sa mga magsasakang yaon?"

Ang pinagsalitaan ni Jesus ay ang lahat ng mga taong naroroon; nguni't sumagot ang mga saserdote at mga pinuno. "Pupuksaing walang awa ang mga tampalasang yaon," sabi nila, "at ibibigay ang ubasan sa ibang mga magsasaka, na sa kaniya'y mangagbibigay ng mga bunga sa kanilang kapanahunan." Hindi agad nahagip ng kanilang isip ang pinagkakapitan ng talinhaga, nguni't ngayon ay nahalata nilang sila'y naggawad ng hatol sa kanilang mga sarili. Sa talinhaga ang puno ng sambahayan ay kumakatawan sa Diyos, ang ubasan ay ang bansang Hudyo, at ang bakod ay ang kautusan ng Diyos na siyang sa kanila'y nagsasanggalang. Ang bantayan ay kumakatawan sa templo. Ginawa na ng panginoon ng ubasan ang lahat ng kailangang gawin upang ito'y lumago at sumagana. "Ano pa ang magagawa ko sa aking ubasan," wika niya, "na hindi ko nagawa?" Isaias 5:4. Sa ganito inilarawan ang walang pagod na pag-iingat at pangangalaga ng Diyos sa Israel. At kung paanong
[854] ang mga magsasaka ay dapat magsauli sa kanilang panginoon ng kaukulang bahagi ng mga bunga ng ubasan, ay gayundin namang dapat parangalan ng bayan ang kanilang Diyos sa pamamagitan ng isang kabuhayang tumutugon sa kanilang mga banal na karapatan. Datapwa't kung paanong pinatay ng mga magsasaka ang mga aliping inutusan ng panginoon upang humingi ng bunga, gayundin naman pinatay ng mga Hudyo ang mga propetang inutusan ng Diyos upang sila'y tawagang magsipagsisi. Sugo at sugo ang mga pinatay. Hindi mapag-aalinlanganang tamang-tama ang pagkakakapit ng talinhaga, at sa sumunod pang pangyayari ay gayundin. Sa sinisintang anak na sa huli'y sinugo ng panginoon ng ubasan sa mga tampalasan niyang alipin, at siya nilang hinawakan at pinatay, ay nakita ng mga saserdote at mga pinuno ang isang naiibang larawan ni Jesus at ang sasapitin Niyang kapalaran. Ngayon pa man ay pinapanukala na nilang patayin Siya na sinugo ng Ama sa kanila upang gumawa ng kahuli-hulihang pamanhik. Sa parusang iginawad sa walang utang-na-loob na mga magsasaka ay inilarawan ang parusang tatanggapin ng mga papatay kay Kristo.

May kahabagang sila'y tiningnan ng Tagapagligtas, bago patuloy na nagwika, "Kailanman baga'y hindi ninyo nabasa sa mga Kasulatan, Ang batong itinakwil ng nangagtatayo ng gusali, ang siya ring ginawang pangulo sa panulok: ito'y mula sa Panginoon, at ito'y kagila-gilalas sa harap ng ating mga mata? Kaya nga sinasabi

Ko sa inyo, Aalisin sa inyo ang kaharian ng Diyos, at ibibigay sa isang bansang nagkakabunga. At ang mahulog sa ibabaw ng batong ito ay madudurog: datapwa't sinumang kaniyang malagpakan, ay pangangalating gaya ng alabok."

Ang hulang ito ay malimit ulit-ulitin ng mga Hudyo sa mga sinagoga, at ikinakapit nila sa dumarating na Mesiyas. Si Kristo ang Pangulong Bato sa panulok sa kabuhayan ng mga Hudyo, at sa buong panukala ng pagliligtas. Ang patibayang batong ito ay itinatakwil ngayon ng mga tagapagtayong Hudyo, ng mga saserdote [855]
at mga pinuno ng Isarel. Tinawag ng Tagapagligtas ang kanilang pansin sa mga hula na magpapakilala sa kanila ng kanilang panganib. Sinikap Niyang ipaliwanag nang ayon sa buo Niyang makakaya ang uri ng gawaing malapit na nilang gawin.

At may isa pang layunin ang Kaniyang mga pagsasalita. Sa pagtatanong Niya ng, "Pagdating nga ng panginoon ng ubasan, ano kaya ang gagawin sa mga magsasakang yaon?" ay sinadya ni Kristong sumagot ang mga Pariseo nang pagayon. Sinadya Niyang sila na ang humatol sa kanilang mga sarili. Palibhasa'y hindi sila mapukaw na magsisi, ang mga babala Niya ay siyang maglalapat sa kanila ng hatol, at hangad Niyang makita nilang sila ang nagpahamak sa kanilang mga sarili. Sinadya Niyang ipakilala sa kanila na nasa katwiran ang Diyos na bawiin ang mga karapatan nilang pambansa, na noo'y nagpapasimula na, at mawawakasan, hindi lamang sa pagkagiba ng kanilang templo at ng kanilang lungsod, kundi sa pagkakawatak-watak din naman ng bansa.

Napagkilala ng mga nakikinig ang babala. Nguni't bagaman nilapatan na nila ng hatol ang kanilang mga sarili, handa pa rin ang mga saserdote at mga pinuno na gawin ang hinihingi ng larawan sa pamamagitan ng pagsasabi. "Ito ang tagapagmana; halikayo, siya'y ating patayin." "Nguni't nang sila'y nagsisihanap ng paraang Siya'y mahuli, ay nangatakot sila sa karamihan," sapagka't ang damdaming bayan ay nasa panig ni Kristo.

Nang sipiin ni Kristo ang hula tungkol sa batong itinakwil, ay talagang isang tunay na pangyayari sa kasaysayan ng Israel ang binanggit Niya. Ang pangyayari ay kaugnay ng pagtatayo ng unang templo. Bagama't ito'y tanging nakakapit sa panahon nang unang pumarito si Kristo, at dapat sana'y nakaantig nang labis sa mga Hudyo, ito'y may aral din naman para sa atin. Nang itayo ang tem-

[856] plo ni Solomon, ang malaking bato para sa pader at sa patibayan ay inihanda't tinabas na lahat sa tibagan; matapos madala ang mga ito sa dakong pagtatayuan, wala nang ano pa mang kasangkapang gagamitin sa mga ito; ilalapat na lamang ito ng mga manggagawa sa kanilang kinauukulang lugar. Isang batong di-karaniwan ang laki at kakatwa ang hugis ang dinala upang gamitin sa patibayan; nguni't ang mga manggagawa ay walang makitang lugar na mapaglalagyan nito, at ayaw nilang tanggapin. Kinayamutan nila iyon sa pagkakalagay niyon sa dinaraanan nila na di-nagagamit. Ito'y maluwat na namalaging isang batong itinakwil. Nguni't nang dumating na ang mga tagapagtayo sa panahon ng paglalagay ng bato sa panulok, ay maluwat silang naghanap ng isang batong may sapat na laki at tibay, at may nararapat na hugis, upang mailagay sa tanging lugar na iyon, at magdala ng malaking bigat na mapapasalalay doon. Kapag nakagawa sila ng maling pagpili para sa mahalagang lugar na ito, ay manganganib ang buong gusali. Dapat silang makakuha ng isang batong may kayang tumagal sa init ng araw, sa lamig, at sa bagyo. Ilan nang bato ang sa iba't ibang pagkakataon ay pinili at inilagay, subali't dahil sa bigat ng gusali, ay nagkadurug-durog ang mga ito. Ang iba naman ay hindi tumagal sa biglang mga pagbabago ng panahon. Datapwa't sa wakas ay nabaling ang pansin nila sa batong maluwat nang itinakwil. Nahantad na iyon sa hangin, sa araw at sa bagyo, nang hindi nagkaroon ng anumang bitak. Sinuri ng mga tagapagtayo ang batong ito. Isa na lamang pagsubok ang hindi pa nito nalalampasan. Kung makakaya nitong dalhin ang malaking bigat, ipapasiya nilang tanggapin ito na maging pangulong bato sa panulok. Sinubok nga nila. Inilagay nila ang bato sa lugar na ukol dito, at nasumpungan nilang ito'y hustung-husto doon. Sa pangitaing ukol sa hula, ay ipinakita kay Isaias na ang batong ito ay
[857] sumasagisag kay Kristo. Sinasabi niya:

"Ang Panginoon ng mga hukbo, Siya ang inyong ariing banal; at sumakaniya ang inyong takot, at sumakaniya ang inyong pangingilabot. At Siya'y magiging pinakasantuwaryo; nguni't pinaka-Batong katitisuran at pinakamalaking Batong pambuwal sa dalawang sambahayan ng Israel, na pinakabitag at pinakasilo sa mga nananahan sa Jerusalem. At marami ang mangatitisod doon, at mangabubuwal, at mangababalian, at mangasisilo, at mangahuhuli." Ang propeta ay dinala ng pangitain sa unang pagparito, at ipinakita sa kaniya

na magpapasan si Kristo ng mga pagsubok at mga kahirapan na siyang sinasagisagan ng lahat ng pagsubok na gagawin sa pangulong bato sa panulok sa templo ni Solomon. "Kaya't ganito ang sabi ng Panginoong Diyos, Narito, Aking inilalagay sa Siyon na pinakapatibayan ang isang bato, isang batong subok, isang mahalagang batong panulok, na may matibay na patibayan: ang naniniwala ay hindi magmamadali." Isaias 8:13-15; 28:16.

Sa walang-hanggang karunungan ng Diyos, ay Siya ang pumili ng batong patibayan, at Siya na rin ang naglagay nito. Tinawag Niya itong "matibay na patibayan." Maaaring ipatong dito ng buong sanlibutan ang lahat niyang mga pasanin at mga kadalamhatian; kaya nitong dalhin ang lahat nang ito. Makapagtatayo sila sa ibabaw nito nang may ganap na katiwasayan. Si Kristo ay "isang batong subok." Lahat ng nagtitiwala sa Kaniya ay hindi Niya kailanman binibigo. Nagbata Siya ng lahat ng pagsubok. Binata Niya ang bigat ng kasalanan ni Adan, at ang kasalanan ng kaniyang kaanakan, at lumabas na higit pa kaysa mananagumpay sa mga kapangyarihan ng kasamaan. Nadala Niya ang mga pasaning ibinunton sa Kaniya ng bawa't makasalanang nagsisisi. Ang makasalanang puso ay nakasumpong kay Kristo ng kaginhawahan. Siya ang matibay na patibayan. Lahat ng sa Kaniya'y umaasa at nagtitiwala ay makapagtatamasa ng sakdal na katiwasayan. [858]

Sa hula ni Isaias, si Kristo ay tinatawag na matibay na patibayan at batong katitisuran. Sa pagkakasi ng Espiritu Santo, ay malinaw na ipinakikilala ni apostol Pedro kung kanino isang batong patibayan si Kristo, at kung kanino Siya isang batong pambuwal.

"Kung inyong napagkilala na ang Panginoon ay mapagbiyaya: na kayo'y magsilapit sa Kaniya, na isang batong buhay, na sa katotohana'y itinakwil ng mga tao, datapwa't sa Diyos ay hirang, at mahalaga, kayo rin naman, na gaya ng mga batong buhay, ay natatayong bahay na ukol sa espiritu, upang maging pagkasaserdoteng banal, upang maghandog ng mga hain na ukol sa espiritu, na nangakalulugod sa Diyos sa pamamagitan ni JesuKristo. Sapagka't ito ang nilalaman ng Kasulatan, Narito, aking inilalagay sa Siyon ang isang Batong panulok na pangulo, hirang, mahalaga; at ang sumasampalataya sa Kaniya ay hindi mapapahiya. Sa inyo ngang nanganampalataya Siya'y mahalaga: datapwa't sa hindi nanganampalataya, ang batong itinakwil ng nagsisipagtayo ng bahay, siyang naging pangulo

ng panulok, at Batong katitisuran, at Bato na pambuwal, sapagka't sila ay natitisod sa salita, palibhasa'y mga suwail." 1 Pedro 2:3-8.

Sa mga sumasampalataya, si Kristo ay matibay na patibayan. Sila ang mga nahulog sa ibabaw ng Bato at nangadurog. Ang ipinakikilala nito ay ang pagpapasakop kay Kristo at pagsampalataya sa Kaniya. Ang mahulog sa ibabaw ng Bato at madurog ay nangangahulugang pagtalikod sa ating sariling-pagbabanal-banalan at paglapit kay Kristo nang may pagpapakumbabang tulad ng sa isang maliit na bata, na nagsisisi ng ating mga kasalanan, at naniniwala sa Kaniyang nagpapatawad na pag-ibig. At kaya sa pamamagitan din naman ng pananampalataya at pagtalima tayo'y nakapagtatayo kay Kristo na ating patibayan.

Sa ibabaw ng buhay na Batong ito, ay mangyayaring magtayo
[859] ang mga Hudyo at ang mga Hentil. Ito lamang ang tanging patibayan na mapagtatayuan natin nang buong kapanatagan. Sapat ang lapad nito para sa lahat, at sapat din ang tibay upang makaya ang bigat at laki ng pasan ng sanlibutan. At sa pamamagitan ng pagkakaugnay kay Kristo, na Batong buhay, lahat ng mga nagtatayo sa ibabaw ng patibayang ito ay nagiging mga batong buhay. Maraming mga tao ang sa sarili nilang mga pagsisikap ay nahugis, kuminis, at gumanda; subali't hindi sila maaaring maging mga "batong buhay," sapagka't hindi sila nakaugnay kay Kristo. Kung wala ang ganitong pagkakaugnay, walang taong maliligtas. Kung wala sa atin ang buhay ni Kristo, hindi natin mapaglalabanan ang mga bagyo ng tukso. Ang ating walang-hanggang kapanatagan at kaligtasan ay nakasalig sa ating pagtatayo sa ibabaw ng matibay na patibayang ito. Marami ang nagtatayo ngayon sa ibabaw ng mga patibayang hindi pa nasubok. Kapag bumabagsak ang ulan, at nagngangalit ang bagyo, at dumadagsa ang baha, ang bahay nila ay nabubuwal, sapagka't hindi nakatatag sa ibabaw ng walanghanggang Bato, ang Pangulong Bato sa panulok na si Kristo Jesus.

"Sa mga natitisod sa salita, palibhasa'y mga suwail," si Kristo ay isang Batong pambuwal. Nguni't "ang batong itinakwil ng nagsisipagtayo ng bahay, ay siyang naging pangulo sa panulok." Katulad ng batong itinakwil, si Kristo ay nagtiis ng pagkakatakwil at pagkakalapastangan nang Siya'y naglilingkod dito sa lupa. Siya'y "hinamak at itinakwil ng mga tao; isang Taong kapanglawan, at bihasa sa kapighatian: ... Siya'y hinamak, at hindi natin pinahala-

gahan Siya." Isaias 53:3. Nguni't malapit na noon ang panahong Siya ay luwalhatiin. Sa pamamagitan ng pagkabuhay na mag-uli ay Siya'y ipahahayag na "Anak ng Diyos na may kapangyarihan." Roma 1:4. Sa Kaniyang ikalawang pagparito ay Siya'y mahahayag na Panginoon ng langit at ng lupa. Yaong mga ngayo'y malapit nang [860]
magpako sa Kaniya sa krus ay kikilala sa Kaniyang kadakilaan. Sa harap ng santinakpan ay magiging pangulo sa panulok ang Batong itinakwil.

At sa"sinumang kaniyang malagpakan, ay pangangalating gaya ng alabok." Malapit nang makita ng mga taong tumanggi kay Kristo ang pagkawasak o pagkagiba ng kanilang lungsod at bansa. Masisira ang kanilang kaluwalhatian, at mangangalat na gaya ng alabok pagka humihip ang hangin. At ano nga ang sumira sa mga Hudyo? Iyon ay ang bato, na kung sila lamang ay sa ibabaw nito nagtayo, ito sana ang naging kapanatagan o kaligtasan nila. Iyon ang kabutihan ng Diyos na kanilang hinamak, ang katwiran na kanilang tinanggihan, ang kaawaang kanilang winalang-halaga. Kinalaban ng mga tao ang Diyos, at ang lahat na sana'y sa ikaliligtas nila ay nauwi sa pagkapahamak nila. Ang lahat ng itinalaga ng Diyos sa ikabubuhay ay nasumpungan nilang sa ikamamatay. Nakapaloob sa pagpapako ng mga Hudyo kay Kristo sa krus ang pagkawasak ng Jerusalem. Ang dugong natigis sa Kalbaryo ay siyang bigat na nagpalubog sa kanila sa kapahamakan sa sanlibutang ito at sa sanlibutang darating. Magiging ganyan din sa huling dakilang araw, pagka bumagsak na ang hatol sa lahat ng mga tumanggi sa biyaya ng Diyos. Si Kristo, na sa kanila'y Batong pambuwal, ay pakikita sa kanilang tulad sa isang naghihiganting bundok. Ang kaluwalhatian ng Kaniyang mukha, na sa mga matwid ay buhay, ay magiging apoy na namumugnaw sa mga masasama. Dahil sa pag-ibig na tinanggihan, at sa biyayang hinamak, ay lilipulin ang makasalanan.

Sa pamamagitan ng maraming mga halimbawa at paulit-ulit na mga babala, ay ipinakilala ni Jesus ang magiging bunga sa mga Hudyo ng pagtanggi nila sa Anak ng Diyos. Sa pamamagitan ng mga pangungusap na ito ay nagsasalita Siya sa lahat ng tao sa bawa't panahon na tumatangging tanggapin Siya bilang kanilang Manunu- [861]
bos. Lahat ng babala ay para sa kanila. Ang templong nilapastangan, ang masuwaying anak, ang masasamang magsasaka, at ang mapanghamak na mga tagapagtayo, ay may kani-kanilang kapareho

o katumbas sa karanasan ng bawa't makasalanan. Malibang siya'y magsisi, ang hatol o parusang paunang-umaanino sa mga ito ay
[862] sasapit sa kaniya.

## Kabanata 66—Ang Pagtatalo

Ang kabanatang ito ay batay sa Mateo 22:15-46; Marcos 12:13-40; Lukas 20:20-47.

Ang mga saserdote at mga pinuno ay tahimik na nakinig sa matatalim na sumbat ni Kristo. Hindi nila mapasinungalingan ang Kaniyang mga paratang. Nguni't dahil dito'y lalo lamang silang naging masugid na mahuli Siya sa pamamagitan ng lalang, at taglay ang ganitong layunin sila'y nagsugo ng mga titiktik sa Kaniya, "na nangagpakunwaring mga matwid, upang Siya'y mahuli sa Kaniyang mga salita, nang Siya'y maibigay nila sa kapangyarihn at kapamahalaan ng gobernador." Hindi nila isinugo ang matatandang Pariseo na madalas nang makatagpo ni Jesus, kundi mga kabataang lalaki na masusugid at masisikap, na sa palagay nila ay hindi pa kilala ni Kristo. Ang mga ito ay pinasamahan sa mga Herodiano, na siyang makikinig ng mga salita ni Kristo, upang siyang magsisaksi laban sa Kaniya sa oras na lilitisin Siya. Ang mga Pariseo at ang mga Herodiano ay mahigpit na magkakaaway, nguni't ngayon ay nagkakaisa na sila sa paglaban kay Kristo.

Ang mga Pariseo ay lagi nang tutol sa itinatakdang buwis ng mga Romano. Ang pagbabayad ng buwis ay ipinalalagay nilang salungat sa kautusan ng Diyos. Nakakita sila ngayon ng pagkakataon na makapag-umang ng silo kay Jesus. Nagsilapit sa Kaniya ang mga [863]
tiktik, at kunwari'y mga tapat na taong may hangad na makilala ang [864]
kanilang tungkulin, na nagwika, "Guro, nalalaman namin na Ikaw ay nagsasabi at nagtuturo nang matwid, at wala Kang itinatanging tao, kundi itinuturo Mo ang katotohanan na daan ng Diyos: matuwid bagang kami ay bumuwis kay Cesar, o hindi?"

Ang mga salitang, "Nalalaman namin na Ikaw ay nagsasabi at nagtuturo nang matwid," kung naging tapat lamang sa loob nila, ay sana'y naging isang kahanga-hangang pag-amin. Nguni't ang mga ito ay sinalita upang mandaya; gayon pa ma'y tunay ang kanilang

patotoo. Batid ng mga Pariseo na si Kristo'y nagsalita at nagturo nang matwid, at sila'y hahatulan ng sarili nilang patotoo.

Ang akala ng mga nagsipagtanong kay Jesus ay naikubli na nila ang kanilang layunin; nguni't nabasa ni Jesus ang kanilang mga puso na tulad sa isang bukas na aklat, at isinatinig Niya ang kanilang pagpapaimbabaw. "Bakit ninyo Ako tinutukso?" wika Niya; sa ganito'y binigyan Niya sila ng tandang hindi nila hiningi, sa pamamagitan ng pagpapakita sa kanila na nababasa Niya ang kanilang itinatago o inililihim na layunin. Lalo pa rin silang nalito nang Kaniyang idugtong, "Pagpakitaan ninyo Ako ng isang denaryo." Naglabas naman sila, at sila'y tinanong Niya, "Kanino ang larawan at ang nasusulat dito? Sila'y sumagot at nagsabi, Kay Cesar." Pagkaturo Niya sa nakasulat sa denaryo, ay nagwika si Jesus, "Kung gayo'y ibigay ninyo kay Cesar ang kay Cesar; at sa Diyos ang sa Diyos."

Inasahan ng mga tiktik na tuwirang sasagutin ni Jesus ang tanong nila ng alinman sa oo, o hindi. Kung sasabihin Niyang hindi matuwid ang bumuwis kay Cesar, ay isusumbong nila Siya sa mga maykapangyarihang Romano at huhulihin dahil sa pang-uudyok na maghimagsik. Subali't sakali namang ang sasabihin Niya'y matuwid
[865] na bumuwis kay Cesar, panukala nilang paratangan Siya sa bayan bilang lumalaban o sumasalansang sa kautusan ng Diyos. Ngayon ay nararamdaman nilang sila'y bigo at gapi. Nagkagulu-gulo ang kanilang mga panukala. Ang mahusay na pagkakasagot sa kanilang katanungan ay bumigo sa kanila at wala na silang masabi pang anuman.

Ang sagot ni Kristo ay hindi pag-iwas, kundi isang tapat na kasagutan sa katanungan nila. Hawak sa Kaniyang kamay ang salaping Romano na kinatatatakan ng pangalan at larawan ni Cesar, ay sinabi Niyang yamang sila'y nabubuhay sa ilalim ng pagkukupkop ng kapangyarihan ng Roma, ay dapat nilang ibigay sa kapangyarihang yaon ang tangkilik o sustentong hinihingi nito, habang ito'y hindi nasasalungat sa lalong mataas na tungkulin. Subali't bagaman sila'y mapayapang napasasakop sa mga batas o mga kautusan ng bansa, dapat namang sa buong panahon ay unahin nila ang pagtatapat sa Diyos.

Ang mga salita ng Tagapagligtas na, "Ibigay ninyo ... sa Diyos ang sa Diyos," ay isang matinding sumbat sa mga Hudyong mapaghanap ng kamalian. Kung buong tapat lamang nilang tinupad

ang kanilang mga tungkulin sa Diyos, hindi sana sila naging isang bansang wasak, na sakop ng isang kapangyarihang dayuhan. Sana'y walang watawat ng Roma na matataas at wawagayway sa ibabaw ng Jerusalem, at sana'y walang kawal na Romanong tatayo sa kaniyang mga pintuang-bayan, at walang gobernador na Romanong magpupuno sa loob ng kaniyang mga kuta. Pinagbabayaran lamang noon ng ban sang Hudyo ang parusa sa kaniyang pagtalikod sa Diyos

Nang marinig ng mga Pariseo ang sagot ni Kristo, "nagsipanggilalas sila, at Siya'y iniwan, at nagsiyaon." Sinuwatan Niya ang kanilang pagpapaimbabaw at kapangahasan, at sa ginawa Niyang ito ay isang dakilang simulain ang Kaniyang ipinahayag, isang simulaing malinaw na nagpapakilala ng mga hangganan ng tungkulin ng tao sa pamahalaang sibil at ng tungkulin ng tao sa Diyos. Sa maraming isipan ay isang nakagugulong suliranin ang nalutas. Magbuhat [866]
na noon ay nanghawak na sila sa matwid na simulain. At bagaman marami ang umalis na di-nasisiyahan, nakita nilang ang simulaing pinagbabatayan ng suliranin ay malinaw na naipakilala, at sila'y nanggilalas sa malaking katalinuhan ni Kristo.

Hindi pa natatagalang napatatahimik ang mga Pariseo ay lumapit naman ang mga Saduceo na taglay ang mapanlinlang nilang mga tanong. Ang dalawang pangkat na ito ay mahigpit na magkalaban. Ang mga Pariseo ay masusugid na tagasunod ng sali't saling sabi. Mahigpit silang sumunod sa mga panlabas na seremonya, masisikap sa mga paghuhugas, sa mga pag-aayuno, at sa mahahabang pananalangin, at sa pakitang-taong paglilimos. Nguni't sinabi ni Kristong niwawalan nilang kabuluhan ang kautusan ng Diyos sa pamamagitan ng pagtuturo ng mga aral ng mga tao bilang mga utos ng Diyos. Bilang isang uri ng mga tao ay sila'y mayayabang at mapagpaimbabaw; gayon pa man sa gitna nila ay mayroon din silang mga kasamahan na may tunay na kabanalan, na tumanggap sa mga aral ni Kristo at naging mga alagad Niya. Tinanggihan ng mga Sadueeo ang mga sali't saling sabi ng mga Pariseo. Nagpanggap silang naniniwala sa malaking bahagi ng mga Kasulatan, at itinuturing nila ang mga ito na tuntunin ng paggawa; subali't sa katotohanan ay sila'y mga di-naniniwala at mga materyalista.

Ang mga Saduceo ay hindi naniniwala sa pagkakaroon ng mga anghel, sa pagkabuhay na mag-uli ng mga patay, at sa aral tungkol sa

buhay na panghinaharap, na may mga gantimpala at mga kaparusahan. Sa lahat ng mga bagay na ito ay naiiba sila sa mga Pariseo. Sa dalawang pangkating ito ang pagkabuhay na mag-uli ay tangi nang isang paksa ng pagtatalo. Ang mga Pariseo ay matibay na nananampalataya sa pagkabuhay na maguli, nguni't ang kanilang mga kuru-kuro at paliwanag tungkol sa magiging kalagayan ng tao sa hinaharap ay nakalilito. Sa ganang kanila ang kamatayan ay
[867] isang hiwagang di-maipaliwanag. Ang kawalang-kakayahan nila na matugunan ang mga katwiran ng mga Saduceo ay naging daan upang hindi na matapos ang kanilang pagtatalo. Ang mga paguusap ng dalawang pangkating ito ay karaniwan nang nauuwi sa mga pagkakagalit, na siyang lalong naglalayo sa kanila.

Sa bilang ay higit na kakaunti ang mga Saduceo kaysa kanilang mga kalaban, at hindi lubhang malakas ang kapit nila sa mga karaniwang tao; nguni't marami naman sa kanila ang mayaman, at sila'y may impluwensiyang dulot ng kayamanan. Sa kanilang hanay nabibilang ang maraming mga saserdote, at sa kanila karaniwan nang pinipili at binubunot ang dakilang saserdote. Ito, gayon pa man, ay ayon sa hayag na pagkakasundo na hindi nila paiiralin ang kanilang mga di-paniniwala. Dahil sa dami at katanyagan ng mga Pariseo, ay kinailangang ang mga Sadueeo ay huwag maging masigasig sa kanilang mga doktrina pagka sila'y humahawak ng anumang tungkuling pagkasaserdote; subali't dahil sa sila'y pinaging-marapat na humawak ng gayong tungkulin ay ito ang nagbibigay ng impluwensiya o bisa sa kanilang mga kamalian.

Hindi tinanggap ng mga Saduceo ang turo ni Jesus. Siya'y kinakasihan ng isang diwa o espiritung ayaw nilang kilalanin; at ang turo Niya tungkol sa Diyos at sa buhay na darating ay nalalaban sa kanilang mga teorya o mga pala-palagay. Naniniwala silang ang Diyos lamang ang higit na makapangyarihan kaysa tao; nguni't ikinakatwiran nila na ayon sa talaga ng Diyos at ayon sa Kaniyang karunungan ay mangyayaring maalisan ng malayang kapangyarihang moral ang tao, at hahantong ito sa kalagayang busabos. Naniniwala sila, na, pagkalikha ng Diyos sa tao, ay pinabayaan na Niya ito sa sarili nito, at hindi na pinakikialaman ng nakatataas na kapangyarihan. Naniniwala sila na malaya ang taong pangasiWaan ang
[868] sarili niyang buhay at ayusin ang mga pangyayari sa sanlibutan; na ang kaniyang kapalaran o kahahantungan ay nasa sarili niyang mga

kamay. Itinatatwa nila na ang Espiritu ng Diyos ay gumagawang katulong ng mga pagsisikap ng tao o ng mga katutubong pangyayari. Gayon pa ma'y naniniwala pa rin sila na, sa pamamagitan ng tumpak na paggamit ng tao ng mga katutubo niyang kapangyarihan, ay siya'y magiging marangal at marunong; na sa pamamagitan ng puspusan at mahigpit na pagsasakit ay maaaring maging malinis ang kaniyang buhay.

Ang mga kuru-kuro nila tungkol sa Diyos ay siyang humugis ng sarili nilang likas. Ayon sa kanilang kurukuro ang Diyos ay walang pagmamalasakit sa tao, kaya sila naman ay bahagya nang magpahalaga sa isa't isa; wala silang gasinong pagsasamahan. Palibhasa'y ayaw nilang kilalanin na ang Espiritu Santo ay tumutulong sa tao, kaya wala namang kapangyarihan ang Diyos sa kanilang mga kabuhayan. Katulad ng ibang mga Hudyo, kanilang ipinagmalaking lubha ang kanilang karapatan sa pagiging mga anak ni Abraham, at ang kanilang mahigpit na pagsunod sa mga hinihingi ng kautusan; subali't ang tunay na diwa ng kautusan at ang pananampalataya at kagandahang-loob ni Abraham, ay walang-wala sa kanila. Maliit lamang ang nasasaklaw ng kanilang likas na mga pakikiramay. Sila'y nanganiwalang kaya ng lahat ng mga tao na magtamo ng mga kaginhawahan at mga pagpapala ng buhay; at ang kanilang mga puso ay hindi naantig ng mga pagsasalat at mga paghihirap ng iba. Nabuhay sila ng para sa kanilang mga sarili lamang.

Sa pamamagitan ng mga salita at mga gawa ni Kristo, ay pinatotohanan Niyang may isang makapangyarihang Diyos na lumilikha o gumagawa ng mga di-pangkaraniwang mga bunga, sa buhay na darating na nasa kabila nitong kasalukuyan, at sa Diyos na Ama ng lahat ng mga tao, na lagi nang nag-iingat ng tunay nilang mga kapakanan. Ipinakilala Niya na ang kagandahang-loob at kahabagan ay gawain ng kapangyarihan ng Diyos na sumumbat sa labis na [869]
pagkamakasarili ng mga Saduceo. Itinuro Niya na alang-alang sa ikabubuti ng tao sa buhay na ito at sa walang-hanggan din naman niyang ikapapaanyo, ang Diyos ay gumagawa sa puso sa pamamagitan ng Espiritu Santo. Ipinakilala Niyang hindi tamang magtiwala sa kapangyarihan ng tao sa ikapagbabago ng likas na Espiritu ng Diyos lamang ang makagagawa.

Ang turong ito ay pinagpilitan ng mga Saduceo na sirain at pawalang-halaga. Sa kanilang pakikipagtalo kay Jesus, ay nagtiwala

silang maihahatid nila Siya sa pagkapahiya, kung hindi man Siya mahatulan. Ang pagkabuhay na mag-uli ay siyang paksang pinili nilang itanong sa Kaniya. Kung sakaling sumang-ayon Siya sa kanila, lalo pa Niyang pagagalitin ang mga Pariseo. Sakali namang sumalungat Siya sa kanila, panukala nilang libakin ang Kaniyang turo.

Ikinatwiran ng mga Saduceo na kung ang katawan ay binubuo ng magkakaparehong mga partikula ng materya sa kalagayan nitong walang kamatayan gaya rin naman ng sa kalagayan nitong may kamatayan, kung gayon pagka ito'y binuhay nang muli mula sa mga patay ay dapat itong magkaroon ng laman at dugo, at dapat nitong ituloy sa walang-hanggang sanlibutan ang buhay na napugto o naputol sa lupa. Sa ganitong pangyayari wika nila ang mga pag-uugnayan sa lupa ay muling ipagpapatuloy, ang mag-asawa ay muling magsasama, magkakaroong muli ng mga pag-aasawa, at ang lahat ng mga bagay ay magpapatuloy na gaya noong hindi pa namamatay, ang mga kahinaan at mga damdamin ng tao sa buhay na ito ay magpapatuloy hanggang sa kabilang buhay.

Sa sagot ni Jesus sa kanilang mga tanong, ay hinawi Niya ang tabing ng panahong darating. "Sa pagkabuhay na mag-uli," sabi Niya, "ay hindi na sila mangag-aasawa ni mga papag-aasawahin pa, kundi gaya ng mga anghel ng Diyos sa langit." Ipinakilala Niyang
[870] mali ang paniniwala ng mga Saduceo. Ang pinagsasaligan ng kanilang paniniwala ay mali. "Nangagkakamali kayo," dugtong pa Niya, "sa hindi pagkaalam ng mga Kasulatan, ni ng kapangyarihan man ng Diyos." Hindi Niya pinaratangan sila ng pagpapaimbabaw, gaya nang paratangan Niya ang mga Pariseo ng gayon, kundi ng maling paniniwala.

Ipinagmamalaki ng mga Saduceo na sa lahat ng mga tao ay sila ang mahigpit na nanghahawak sa mga Kasulatan. Nguni't ipinakilala ni Jesus na hindi nila nalalaman ang tunay na kahulugan ng mga ito. Ang kaalamang yaon ay dapat maitanim sa puso sa pamamagitan ng pagpapaunawa ng Banal na Espiritu. Ang hindi nila pagkaalam ng mga Kasulatan at ng kapangyarihan ng Diyos ay sinabi Niyang siyang dahilan ng pagkalito ng kanilang pananampalataya at ng kadiliman ng pag-iisip. Ang ibig nilang mangyari ay maabot ng kanilang maigsing pagiisip ang malawak na mga hiwaga ng Diyos. Inanyayahan sila ni Kristo na buksan nila ang kanilang mga pag-

iisip sa mga banal na katotohanang yaon na siyang magpapalawak at magpapalakas ng kanilang pang-unawa. Libulibo ang nawawalan ng paniniwala sa Diyos dahil sa hindi kayang unawain ng kanilang mga pahat na pagiisip ang mga hiwaga ng Diyos. Hindi nila maipaliwanag ang kahanga-hangang pagpapakita ng kapangyarihan ng Diyos sa Kaniyang mga pamamatnubay, kaya tinatanggihan nila ang mga katunayan ng Kaniyang kapangyarihan, at itinuturing na ang mga iyon ay mga katutubong pangyayari lamang na bahagya pa rin nilang malirip. Ang tanging susi upang maalaman ang mga hiwaga ng Diyos na nakapaligid sa atin ay ang kilalanin na ang lahat ng iyan ay gawa ng pakikiharap at ng kapangyarihan ng Diyos. Kailangang kilalanin ng mga tao na ang Diyos ay siyang Maylikha sa sansinukob, Isa na nag-uutos at nagsasagawa ng lahat ng mga bagay. Kailangan nila ang lalong malawak na pagkakilala sa Kaniyang likas, at sa hiwaga ng Kaniyang mga kapangyarihang ginagamit. [871]

Ipinahayag ni Kristo sa Kaniyang mga tagapakinig na kung talagang walang pagkabuhay na mag-uli sa mga patay, ang mga Kasulatang sinasabi nilang kanilang pinaniniwalaan ay mawawalan ng kabuluhan. Sinabi Niya, "Datapwa't tungkol sa pagkabuhay na mag-uli ng mga patay, hindi baga ninyo nabasa ang sinalita sa inyo ng Diyos, na nagsasabi, Ako ang Diyos ni Abraham, at ang Diyos ni Isaac, at ang Diyos ni Jacob? Ang Diyos ay hindi Diyos ng mga patay, kundi ng mga buhay." Ibinibilang ng Diyos ang mga bagay na wala na para bagang naroroon. Nakikita Niya ang wakas buhat sa pasimula, at namamasdan Niya ang bunga ng Kaniyang gawain na para bagang ngayon nangyayari. Ang mga mahal na nangamatay, magmula kay Adan hanggang sa kahuli-hulihang banal na mamamatay, ay makakarinig ng tinig ng Anak ng Diyos, at magsisilabas mula sa libingan upang magkamit ng buhay na walang-kamatayan. Ang Diyos ay siya nilang magiging Diyos, at sila'y magiging Kaniyang bayan. Magkakaroon ng malapit at magiliw na pagsasama ang Diyos at ang binuhay na mga banal. Ang ganitong kalagayan, na inaasam na mangyayari ayon sa Kaniyang panukala, ay nakikita Niyang para bagang nangyari na. Ang mga patay ay nabubuhay sa Kaniya.

Pinatahimik ng mga salita ni Kristo ang mga Saduceo. Wala silang maisagot sa Kaniya. Wala Siyang binitiwang pangungusap na magagamit nila upang Siya'y mahatulan. Walang napakinabang

na anuman ang Kaniyang mga kaaway kundi ang sila'y hamakin lamang ng mga tao.

Ang mga Pariseo, gayon pa man, ay hindi pa rin nawalan ng loob na udyukan Siyang magsalita ng bagay na magagamit nila laban sa Kaniya. Napahinuhod nila ang isang pantas na eskriba na magtanong kay Jesus na kung alin sa sampung utos ang higit na mahalaga.

Itinanyag ng mga Pariseo ang unang apat na utos, na nagtuturo ng tungkulin ng tao sa Maylalang sa kaniya bilang siyang higit na
[872] mahalaga kaysa sa huling anim na utos, na nagtuturo naman ng tungkulin ng tao sa kaniyang kapwa tao. Ang ibinunga nito, ay nagkulang sila nang malaki sa pagsasagawa ng kabanalan. Ipinakilala ni Jesus sa mga tao ang malaki nilang pagkukulang, at itinuro naman Niya ang pangangailangan ng mabubuting gawa, sa pagsasabi Niya na ang punungkahoy ay nakikilala sa kaniyang mga bunga. Dahil dito'y pinaratangan Siya na ibinubunyi Niya ang huling anim na utos nang higit kaysa unang apat.

Lumapit kay Jesus ang tagapagtanggol ng kautusan na may tiyak na katanungan, "Alin baga ang pangunang utos sa lahat?" Ang sagot ni Kristo ay tiyak at matindi: "Ang panguna sa lahat ng mga utos ay, Pakinggan mo, Oh Israel; Ang Panginoon nating Diyos ay isang Panginoon: at iibigin mo ang Panginoon mong Diyos nang buong puso mo, at nang buong kaluluwa mo, at nang buong pag-iisip mo, at nang buong lakas mo: ito ang pangunang utos." Ang ikalawa ay katulad ng una, wika ni Kristo; sapagka't ito'y dito rin nagbubuhat, "Iibigin mo ang iyong kapwa na gaya ng iyong sarili. Walang ibang utos na hihigit sa mga ito." "Sa dalawang utos na ito nauuwi ang buong kautusan at ang mga propeta."

Ang unang apat sa Sampung Utos ay nabubuo sa isang dakilang utos, "Iibigin mo ang Panginoon mong Diyos nang buong puso mo." Ang huling anim ay nabubuo naman sa pangalawa, "Iibigin mo ang iyong kapwa na gaya ng iyong sarili." Ang dalawang utos na ito ay kapwa nagpapahayag ng simulain ng pag-ibig. Ang una ay hindi maiingatan nang lalabagin ang ikalawa, ni hindi rin naman maiingatan ang ikalawa samantalang nilalabag ang una. Pagka ang Diyos ay nasa tumpak nang lugar sa luklukan ng puso, ang tumpak din namang lugar ay ibibigay natin sa ating kapwa. Iibigin natin siya na gaya ng ating mga sarili. At kapag iniibig lamang natin ang

Diyos nang higit sa lahat ay saka lamang natin magagawang ibigin ang ating kapwa nang walang itinatangi. [873]

At yamang ang lahat ng mga utos ay nabubuo sa pagibig sa Diyos at sa tao, nangangahulugang wala isa mang utos na maaaring labagin nang hindi nilalabag ang simulaing ito. Sa ganitong paraan itinuro ni Kristo sa mga nakikinig sa Kaniya na ang kautusan ng Diyos ay hindi napakaraming hiwa-hiwalay na mga utos, na ang iba ay may malaking kahalagahan, samantalang ang iba pa ay may kaunting kahalagahan at maaaring labagin nang walang kaparusahan. Inihaharap ng ating Panginoon ang unang apat at huling anim na utos bilang isang banal na kabuuan, at itinuturo Niyang ang pag-ibig sa Diyos ay maipakikilala sa pamamagitan ng pagtalima sa lahat Niyang mga utos.

Ang eskribang nagtanong kay Jesus ay bihasa sa kautusan, at napamaang ito sa mga salita Niya. Hindi nito inakalang Siya ay may malalim at lubos na kaalaman sa mga Kasulatan. Nagtamo ito ng lalong malawak na pagkaunawa sa mga simulaing pinagbabatayan ng mga banal na utos. Sa harap ng nagkakatipong mga saserdote at mga pinuno ay tapat nitong inaming si Kristo ay nagbigay ng tumpak na paliwanag sa kautusan, na sinasabi:

"Sa katotohanan, Guro, ay mabuti ang pagkasabi Mo na Siya'y iisa; at wala nang iba liban sa Kaniya: at ang Siya'y ibigin nang buong puso, at nang buong pagkaunawa, at nang buong kaluluwa, at nang buong lakas, at ibigin ang kapwa niya na gaya ng sa kaniyang sarili, ay higit pa kaysa lahat ng mga handog na susunugin at mga hain."

Nasumbatan ang eskriba ng matalinong sagot ni Kristo. Batid niya na ang relihiyon ng mga Hudyo ay pawang panlabas na mga seremonya at hindi panloob o pangkabuhayang pagbabanal. May bahagya siyang pagkaunawa sa kawalang-kabuluhan ng mga seremonya sa paghahandog ng mga hayop, at ng walang-pananampalatayang pagtitigis ng dugo para sa ikatutubos ng kasalanan. Ang pag-ibig at pagtalima sa Diyos, at ang dimakasariling pagpapahalaga [874]
sa kapwa tao, sa ganang kaniya, ay higit pang mahalaga kaysa lahat ng mga seremonyang ito. Ang kagyat na pag-amin ng taong ito na tumpak ang katwiran ni Kristo, at ang kaniyang tiyak at walang-paliguy-ligoy na sagot sa harap ng mga tao, ay nagpakilala ng isang diwang ganap na naiiba sa diwa ng mga saserdote at mga pinuno.

Naawa si Jesus sa tapat na eskriba na hindi natakot harapin ang mga paguyam ng mga saserdote at ang mga banta ng mga pinuno sa pagsasabi ng mga paniniwala ng kaniyang puso. "At nang makita ni Jesus na siya'y sumagot na may katalinuhan, ay sinabi Niya sa kaniya, Hindi ka malayo sa kaharian ng Diyos."

Ang eskriba ay malapit sa kaharian ng Diyos, sapagka't kinilala niya na ang mga gawa ng katwiran ay higit na katanggap-tanggap sa Diyos kaysa mga handog na susunugin at mga hain. Nguni't kailangan ding makilala niya ang likas na pagka-Diyos ni Kristo, at sa pamamagitan ng pagsampalataya sa Kaniya ay makatanggap siya ng kapangyarihan na magawa ang mga gawa ng katwiran. Ang seremonya ng paghahandog ay walang halaga, malibang nakaugnay kay Kristo sa pamamagitan ng buhay na pananampalataya. Maging ang kautusang moral ay nawawalan ng halaga, malibang nauunawaan ang pagkakaugnay nito sa Tagapagligtas. Paulit-ulit na ipinakilala ni Kristo na ang kautusan ng Kaniyang Ama ay nagtataglay ng bagay na hindi na malalim kaysa mga utos lamang ng makapangyarihan. Sa kautusan ay nakalangkap ang simulain ding yaon na inihahayag sa ebanghelyo. Itinuturo ng kautusan ang tungkulin ng tao at ipinakikita sa kaniya ang kaniyang kasalanan. Kay Kristo siya dapat humingi ng kapatawaran at ng kapangyarihan upang magawa niya ang iniuutos ng kautusan.

Nagsilapit kay Jesus ang mga Pariseo nang sagutin Niya ang tanong ng eskriba. Ngayo'y bumaling Siya at sila'y tinanong: "Ano
[875] ang inaakala ninyo tungkol kay Kristo? Kanino bagang anak Siya?" Ang tanong na ito ay upang subukin ang kanilang paniniwala sa Mesiyas— upang maalaman kung ang palagay nila sa Kaniya ay tao lamang o kaya'y Anak ng Diyos. Sabay-sabay na sumagot ang karamihan, "Siya'y Anak ni David." Ito ang titulong ibinigay ng hula sa Mesiyas. Nang ihayag ni Jesus ang Kaniyang pagka-Diyos sa pamamagitan ng Kaniyang mga makapangyarihang kababalaghan, nang Kaniyang pagalingin ang mga maysakit at buhayin ang mga patay, ang mga tao ay nagtanung-tanungan, "Hindi baga ito ang Anak ni David?" Ang babaeng Sirofenisa, ang bulag na si Bartimeo, at ang marami pang iba ay nagsihingi sa Kaniya ng tulong, "Kahabagan Mo ako, Oh Panginoon, Ikaw na Anak ni David." Mateo 15:22. Nang Siya'y nakasakay sa batang asno sa Kaniyang pagpasok sa Jerusalem ay ipinagbunyi Siya ng masayang sigawan, "Hosana

sa Anak ni David: Mapalad ang pumaparito sa pangalan ng Panginoon." Mateo 21:9. At ang maliliit na batang nasa loob ng templo ay nagsigawan ng masayang papuri. Nguni't ang maraming tumawag kay Jesus sa tawag na Anak ni David ay hindi nakilala ang Kaniyang pagka-Diyos. Hindi nila napag-uunawang ang Anak ni David ay siya rin namang Anak ng Diyos.

Bilang sagot sa pahayag na si Kristo ay Anak ni David, ay sinabi ni Jesus, "Bakit nga si David na nasa Espiritu [ang Espiritu ng Pagkasi na mula sa Diyos] ay tinawag Siya na Panginoon, na sinasabi, Sinabi ng Panginoon sa aking Panginoon, Maupo Ka sa Aking kanan, hanggang sa Aking gawing tuntungan Mo ang Iyong mga kaaway? Kung tinatawag nga Siya ni David na Panginoon, paanong Siya'y kaniyang anak? At walang sinumang nakasagot sa Kaniya ng isang salita, ni walang sinumang nangahas buhat nang araw na yaon na tumanong pa sa Kaniya ng anumang mga tanong." [876]

# Kabanata 67—Sa Aba ng mga Pariseo

Ang kabanatang ito ay batay sa Mateo 23; Marcos 12:41-44; Lukas 20:45-47; 21:1-4.

Huling araw yaon ng pagtuturo ni Kristo sa loob ng templo. Sa napakalaking pulutong na nagkakatipon sa Jerusalem, ay sa Kaniya napako ang pansin ng lahat; nagsiksikan ang mga tao sa mga patyo ng templo, na pinanonood ang pagtatalong kasalukuyang nagaganap, at buong kasabikan nilang pinakikinggan ang bawa't salitang namumutawi sa Kaniyang mga labi. Wala pang gayong tanawin na nasaksihan na nang una. Doo'y nakatayo ang kabataang Galileo, na walang tinataglay na karangalang panlupa ni tatak man ng pagkahari. Nakapaligid sa Kaniya ang mga saserdote na nakadamit ng magagarang kagayakan, ang mga pinunong ang mga kasuutan at mga insigniya ay nagpapakilala ng kanilang mataas na katungkulan, at ang mga eskriba naman ay may mga taglay na mga balumbon sa kanilang mga kamay, na madalas nilang tinutukoy sa pag-uusap. Tahimik at payapang nakatayo si Jesus sa harap nila, na taglay ang dignidad ng isang hari. Palibhasa'y taglay Niya ang kapangyarihan ng langit, walang panganganinong tiningnan Niya ang Kaniyang mga katunggali, na nagsitanggi at nagsihamak sa Kaniyang mga turo, at nangauuhaw sa Kaniyang dugo. Tulung-tulong silang nagsi-
[877] tuligsa sa Kaniya, nguni't walang nangyari sa kanilang balak na Siya'y masilo at mahatulan. Sunod-sunod na hamon ang sinagupa Niya, na inihaharap ang dalisay at maliwanag na katotohanan na katuwas ng kadiliman at mga kamalian ng mga saserdote at mga Pariseo. Inilahad Niya sa mga namumunong ito ang tunay nilang kalagayan, at ang kaparusahang tiyak na darating sa kanila kung sila'y pilit na magpapatuloy sa kanilang masasamang gawa. Ang babala ay buong katapatang ibinigay. Nguni't may isa pang gawaing dapat gawin si Kristo. Isa pang layunin ang dapat matupad.

Lumaki nang lumaki ang pagkawili ng mga tao kay Kristo at sa Kaniyang gawain. Nahalina sila ng Kaniyang turo, subali't labis din

naman silang nagulumihanan. Iginalang nila ang mga saserdote at mga rabi dahil sa kanilang katalinuhan at kaanyuang wari'y banal. Sa lahat ng mga bagay na ukol sa relihiyon ay naging lagi na silang matalimahin sa kanilang kapangyarihan. Nguni't ngayo'y nakita nilang sinisikap siraan ng mga taong ito si Jesus, isang gurong ang kabutihan at karunungan ay higit pang nagniningning sa bawa't tuligsang isinasaboy sa Kaniya. Nakita nila ang nangakasimangot na mga mukha ng mga saserdote at mga matatanda, at doo'y nahalata nila ang kanilang pagkagapi at pagkalito. Ipinagtaka nila kung bakit ang mga pinuno ay ayaw maniwala kay Jesus, gayong napakaliwanag naman at napakasimple ng Kaniyang mga turo. Sila na rin sa kanilang mga sarili ay hindi nila malaman kung anong hakbang ang kanilang gagawin. Kaya buong kasabikan nilang minatyagan ang mga kilos niyaong mga lagi nilang sinusunod ang mga payo.

Sa mga talinhagang binigkas ni Kristo, ang layunin Niya ay babalaan ang mga pinuno at turuan ang mga taong ibig na paturo. Nguni't kailangang magsalita pa rin nang lalong maliwanag. Dahil sa paggalang nila sa mga sali't saling sabi at sa bulag nilang pagsam- [878]
palataya sa masamang pagkasaserdote, ang bayan ay naalipin. Ang mga tanikalang ito ay kailangang lagutin ni Kristo. Ang likas ng mga saserdote, mga pinuno, at mga Pariseo ay kailangang lubusan pang malantad.

"Nagsisiupo ang mga eskriba at mga Pariseo," wika Niya, "sa luklukan ni Moises: lahat nga ng mga bagay na sa inyo'y kanilang ipag-utos, ay gawin ninyo at ganapin; datapwa't huwag kayong magsigawa nang alinsunod sa kanilang mga gawa: sapagka't kanilang sinasabi, at hindi ginagawa." Ipinamamarali ng mga eskriba at mga Pariseo na mayroon silang kapangyarihang katulad ng kay Moises. Inaangkin nilang sila ang humalili sa kaniya bilang mga tagapagpaliwanag ng kautusan at bilang mga hukom ng mga tao. Sapagka't gayon sila, ay hinihingi nila sa mga tao na sila'y lubos na igalang at talimahin. Iniutos naman ni Jesus sa mga nagsisipakinig sa kaniya na gawin nila ang mga itinuturo ng mga rabi na alinsunod sa kautusan, nguni't huwag nilang susundin ang kanilang halimbawa. Sapagka't sila na rin ay hindi gumaganap ng kanilang itinuturo.

At marami silang itinurong salungat sa mga Kasulatan. Sinabi ni Jesus, "Sila'y nangagbibigkas ng mabibigat na pasan at mahihirap na dalahin, at ipinapasan nila sa mga balikat ng mga tao; datapwa't

ayaw man lamang nilang kilusin ng kanilang daliri.” Naglagda ang mga Pariseo ng napakaraming mga alituntunin, na ang pinagsasaligan ng mga ito ay ang sali’t-saling sabi, at naghigpit sila nang walang kadahi-dahilan sa kalayaan ng tao. At ang ilang bahagi ng kautusan ay ipinaliwanag nila sa paraang inuutusan nila ang mga tao na ganapin ang mga palatuntunang sila na rin ay lihim na di-gumaganap, at kung sila’y mahuling hindi tumutupad ng mga ito, ay sinasabi nilang sila’y hindi saklaw ng mga iyon.

[879] Ang lagi nilang layunin ay ipakita ang kanilang kabanalan. Kahit na gaano kabanal ang isang bagay ay hindi nila pakukundanganan matupad lamang ang layuning ito. Tungkol sa Kaniyang mga utos ay ganito ang sinabi ng Diyos kay Moises, “Iyong itatali na pinakatanda sa iyong kamay, at magiging mga pinakatali sa iyong noo.” Deuteronomio 6:8. Ang mga salitang ito ay may malalim na kahulugan. Pagka binubulay ang salita ng Diyos at isinasakabuhayan, ang buong pagkatao ay nagiging marangal. Sa pamamagitan ng matwid at maawaing pakikitungo, ay ipakikita naman ng mga kamay, na gaya ng isang tatak, ang mga simulain ng kautusan ng Diyos. Ang mga ito ay iingatang malinis na di-nadurungisan ng mga suhol, at ng lahat na marumi at mapandaya. Magiging masipag ang mga ito sa mga gawa ng pag-ibig at kahabagan. Ang mga mata, na nakatuon sa isang marangal na layunin, ay magiging malinaw at tapat. Ang mukhang nagbabadya at matang nagsasalita, ay magpapatotoo sa walang dungis na likas ng umiibig at gumagalang sa salita ng Diyos. Nguni’t ang lahat ng ito ay hindi napag-unawa ng mga Hudyo noong kapanahunan ni Kristo. Ang utos na ibinigay kay Moises ay pinakahuluganan nilang ang mga utos ng Kasulatan ay dapat isuot o ikabit sa katawan ng tao. Dahil dito’y isinulat nila ang mga ito sa maliliit na piraso ng papel, at itinatali sa lantad na paraan sa palibot ng ulo at mga galang ng kamay. Nguni’t ito’y wala ring nagawa upang lalong maitatag sa puso at pag-iisip ang kautusan ng Diyos. Ang mga maliliit na pirasong ito ng papel o pergamino ay isinuot o ikinabit lamang na parang mga tsapa, upang makaakit ng pansin. Inakalang ang mga ito ay magbibigay ng simoy ng kabanalan sa may taglay nito upang sila’y igalang ng mga tao. Hinagkis ni Jesus ang walang-kabuluhang pagkukunwaring ito:

“Datapwa’t ginagawa nila ang lahat ng kanilang mga gawa upang
[880] mangakita ng mga tao: sapagka’t nangagpapalapad sila ng kanilang

mga pilakterya, at nangagpapalapad ng mga laylayan ng kanilang mga damit, at iniibig ang mga pangulong dako sa mga pigingan, at ang mga pangulong luklukan sa mga sinagoga, at pagpugayan sa mga pamilihan, at ang sila'y tawagin ng mga tao, Rabi, Rabi. Datapwa't kayo'y huwag patawag na Rabi: sapagka't iisa ang inyong Guro, samakatwid baga'y si Kristo; at kayong lahat ay magkakapatid. At huwag ninyong tawaging inyong ama ang sinumang tao sa lupa: sapagka't isa ang inyong Ama, samakatwid baga'y Siya na nasa langit. Ni huwag kayong patawag na panginoon: sapagka't iisa ang inyong Panginoon, samakatwid baga'y ang Kristo." Sa ganitong malilinaw na salita ay inihayag ng Tagapagligtas ang mapag-imbot na diwang naghahangad matanyag sa katungkulan at kapangyarihan, na nagpapakita ng pakunwaring kapakumbabaan, samantalang ang puso ay puno ng kasakiman at kapanaghilian. Pagka may mga taong inanyayahan sa isang piging, ang mga panauhin ay pinaupo nang ayon sa kanilang katayuan sa buhay, at ang mga pinalilikmo sa pinakamarangal na luklukan ay siyang tumatanggap ng unang pagaasikaso at mga tanging pagtingin. Lagi nang pinagmimithiang matamo ng mga Pariseo ang mga karangalang ito. Nguni't ang ganitong gawain ay sinansala ni Jesus.

Sinansala rin naman Niya ang kapalaluang ipinakikita sa pag-iimbot ng titulong rabi (guro), o panginoon. Ang ganitong titulo, wika Niya, ay hindi para sa mga tao, kundi kay Kristo. Ang mga saserdote, mga eskriba, at mga pinuno, na mga tagapagpaliwanag at tagapangasiwa ng kautusan, ay magkakapatid na lahat, at mga anak ng iisang Ama. Ipinakadiin ni Kristo sa mga tao na hindi nila dapat ibigay sa sinumang tao ang titulo ng karangalan na nagpapakilalang nakokontrol niya ang kanilang budhi o ang kanilang pananampalataya.

Kung si Kristo'y naririto sa lupa ngayon, na naliligid ng mga [881]
nagtataglay ng titulong "Kagalang-galang" o "Tunay na Kagalang-galang," hindi kaya Niya uulitin ang Kaniyang sinabing, "Ni huwag kayong patawag na panginoon: sapagka't iisa ang inyong Panginoon, samakatwid baga'y ang Kristo"? Ganito ang ipinahahayag ng Kasulatan tungkol sa Diyos, "Banal at kagalang-galang ang Kaniyang pangalan." Awit 111:9. Sinong tao ang karapatdapat kapitan ng ganitong titulo? Gaano nga kaliit ang inihahayag na karunungan at katwiran ng tao! Gaano nga karami sa mga taong gumagamit ng tit-

ulong ito ang humahamak sa pangalan at likas ng Diyos! Ay, gaano nga kadalas na ang makasanlibutang hangarin, panlulupig, at ang pinakahamak na mga kasalanan ay itinatago sa loob ng magarang kasuutan ng isang nasa banal at mataas na tungkulin! Nagpatuloy ang Tagapagligtas:

"Datapwa't ang pinakadakila sa inyo ay magiging lingkod ninyo. At sinumang nagmamataas ay mababába; at sinumang nagpapakababa ay matataas." Paulit-ulit na itinuro ni Kristo na ang tunay na kadakilaan ay sinusukat sa kahalagahang moral. Ayon sa sukatan ng langit, ang kadakilaan ng likas ay nakabatay sa pamumuhay na gumagawa ng kabutihan sa ating mga kapwa tao, at sa pagpapakita ng mga gawa ng pag-ibig at kahabagan. Si Kristong Hari ng kaluwalhatian ay naging isang alipin ng taong nagkasala.

"Sa aba ninyo, mga eskriba at mga Pariseo, mga mapagpaimbabaw," wika ni Jesus, "sapagka't sinasarhan ninyo ang kaharian ng langit laban sa mga tao: sapagka't kayo'y hindi na nagsisipasok, at ang nagsisipasok man ay ayaw ninyong bayaang mangakapasok." Sa pamamagitan ng pagsisinsay sa mga sinasabi ng mga Kasulatan, ay binulag ng mga saserdote at ng mga tagapagtanggol ng kautusan ang mga pag-iisip niyaong mga dapat sana'y nakatanggap ng kaalaman
[882] tungkol sa kaharian ni Kristo, at ng banal na kabuhayang siyang kailangan sa tunay na kabanalan.

"Sa aba ninyo, mga eskriba at mga Pariseo, mga mapagpaimbabaw! sapagka't sinasakmal ninyo ang mga bahay ng mga babaeng balo, at inyong dinadahilan ang mahahabang panalangin: kaya't magsisitanggap kayo ng lalong mabigat na parusa." Ang mga Pariseo ay may malaking impluwensiya sa mga tao, at sinamantala nila ito upang lalong mapabuti ang kanilang sariling mga kapakanan. Natamo nila ang pagtitiwala ng mga banal na babaeng balo, at nang magkagayo'y ipinakilala nila sa mga ito na tungkulin ng mga ito na itaan ang kanilang ari-arian sa mga layuning panrelihiyon. Nang mapasakanila na ang salapi ng mga ito, ay ginamit ito ng mga tusong magkakasabuwat sa sarili nilang kapakinabangan. At upang mapagtakpan ang kanilang kadayaan, ay nananalangin sila nang mahahaba sa paningin ng mga tao, at gumagawa ng malaking pagtatanghal ng kanilang pagbabanal. Ang ganitong pagpapaimbabaw ay sinabi ni Kristong naghahatid sa kanila ng lalong malaking parusa. Ganito ring suwat o saway ang nauukol sa maraming nagbabansag na

sila'y mga banal sa kasalukuyan nating panahon. Ang kanilang mga kabuhayan ay nadurungisan ng kasakiman at katakawan, gayunma'y tinatakpan nila ito ng wari'y damit ng kalinisan, at sa ganito'y nadadaya nilang sumandali ang kanilang mga kapwa tao. Nguni't ang Diyos ay hindi nila madadaya. Nababasa Niya ang bawa't layunin ng puso, at hahatulan Niya ang bawa't tao ayon sa kaniyang mga gawa.

Walang-awang hinatulan ni Kristo ang mga pagmamalabis, nguni't kaunti man ay hindi Niya niwalanghalaga ang tungkulin. Pinagwikaan Niya ang kasakimang humuthot at nagwaldas ng mga kaloob ng babaeng balo. Kaalinsabay naman nito'y pinuri Niya ang babaeng balong nagdala ng kaniyang handog sa kabang-yaman ng [883]
Diyos. Ang pagmamalabis at pagwawaldas ng tao sa kaloob ay hindi nag-aalis ng pagpapala sa nagbibigay.

Si Jesus ay nasa patyo o looban ng templo na kinaroroonan ng mga kabangyaman, at Kaniyang minasdan ang mga nagsisidating at naghuhulog ng kanilang mga kaloob. Marami sa mga maykaya ay nagdala ng malalaking halaga, at ito'y kanilang inihulog nang may malaking pagmamarangya. Buong kalungkutang minasdan sila ni Jesus, nguni't wala Siyang sinabing anuman tungkol sa kanilang malalaking handog. Walang anu-ano'y nagliwanag ang Kaniyang mukha nang Kaniyang makita ang isang dukhang babaeng balo na atubili pang lumapit, na para bagang natatakot na siya'y mapagmasdan. Samantalang ang mayayaman at ang mga palalo ay sunud-sunod sa pagsasalimbayan, na naghuhulog ng kanilang mga handog, ang babaeng balo naman ay nagpapakaliit-liit na para bagang bahagya nang makapangahas na umusad palapit. At gayunma'y hangad niyang gumawa ng isang bagay, maliit man iyon, para sa gawang kaniyang minamahal. Tiningnan niya ang hawak niyang handog. Napakaliit iyon kung ihahambing sa mga handog ng mga nasa palibot niya, nguni't walang-wala siya kundi iyon lamang. Naghintay siya ng kaniyang pagkakataon, at pagkatapos ay nagmamadali niyang inihulog ang kaniyang dalawang lepta, at nagmamadali ring tumalikod at umalis. Nguni't ang ginawa niyang ito ay hindi nalingid sa paningin ni Jesus, na matamang nakatuon ang mata sa kaniya.

Tinawag ng Tagapagligtas ang Kaniyang mga alagad upang lumapit sa Kaniya, at sinabi sa kanilang pansinin nila ang karukhaan ng babaeng balo. Pagkatapos ay sumapit sa pandinig ng babaeng

balo ang Kaniyang mga salita ng pagpuri: "Sa katotohana'y sinasabi Ko sa inyo, Ang dukhang babaeng balong ito ay naghulog nang higit
[884] kaysa kanilang lahat." Nangilid sa mga mata ng babaeng balo ang
[885] mga luha ng katuwaan nang madama niyang ang ginawa niya ay naunawaan at pinahalagahan. Marami ang magsasabing impukin na niya ang kaniyang ihahandog upang magamit niya sa kaniyang sariling pangangailangan; kung ibibigay niya iyon sa mga kamay ng lagingbusog na mga saserdote, ay hindi rin ito mapapansin sa karamihan ng malalaking handog na dinadala sa kabang-yaman. Nguni't naunawaan ni Jesus ang laman ng kaniyang puso. Siya'y naniwalang ang paglilingkod sa templo ay talagang itinakda ng Diyos, at sabik siyang gawin ang buo niyang makakaya upang maitaguyod ito. Ginawa niya ang kaniyang makakaya, at ang ginawa niya ay naging isang bantayog sa kaniyang alaala sa buong panahon, at naging kaniyang katuwaan sa walang-hanggan. Ang puso niya ay kalakip ng kaniyang kaloob; ang halaga niyon ay sinukat, hindi sa halaga ng salapi, kundi sa pamamagitan ng pag-ibig sa Diyos at sa pagmamalasakit sa Kaniyang gawain na nag-udyok sa kaniya upang gawin iyon.

Tungkol sa dukhang babaeng balo ay sinabi ni Jesus, Siya "ay naghulog nang higit kaysa kanilang lahat." Ang mga masalapi ay nagbigay ng buhat sa kasaganaan nila, at ang marami sa kanila ay upang makita at purihin ng mga tao. Ang malalaki nilang abuloy o mga kaloob ay hindi nakabawas sa kanilang kaginhawahan, o sa luho man nila; hindi nila kinailangang magsakripisyo, at hindi maitutulad sa halaga ng lepta ng babaeng balo.

Ang adhikain ay siyang umuuri sa ating mga gawa, na tinatatakan ang mga ito ng kadustaan o ng mataas na kahalagahang moral. Hindi ang mga malalaking bagay na nakikita ng bawa't mata at pinupuri ng bawa't dila ang ibinibilang ng Diyos na pinakamahalaga. Ang maliliit na tungkuling masayang ginagampanan, ang maliliit na kaloob na hindi ipinagmamarangya, na sa tingin ng mga tao ay
[886] walang-halaga, ay siyang madalas na na- giging pinakamataas o pinakamahalaga sa paningin Niya. Ang pusong sumasampalataya at umiibig ay siyan'g higit na minamahal ng Diyos kaysa pinakamamahaling kaloob. Ibinigay ng dukhang babaeng balo ang buo niyang ikabubuhay upang magawa ang maliit niyang ginawa. Tiniis niyang mawalan ng ibibili ng pagkain maibigay lamang niya ang

dalawang leptang yaon sa gawaing kaniyang minamahal. At ginawa niya iyon sa pananampalataya, na nagtitiwalang hindi pababayaan ng Kaniyang Amang nasa langit ang malaki niyang pangangailangan. Ang diwang ito na salat sa pagkamakasarili at ang pananampalatayang tulad-ng-sa-bata ang nagtamo ng papuri ng Tagapagligtas.

Sa gitna ng mga dukha ay marami ang nananabik na magpakita ng kanilang pasasalamat sa Diyos dahil sa Kaniyang biyaya at katotohanan. Malaki ang hangarin nilang makibahagi sa kanilang higit na nakaririwasang mga kapatid sa pagsustento o pagtataguyod ng Kaniyang gawain. Ang mga kaluluwang ito ay hindi dapat sansalain. Pabayaan silang magtipon ng kanilang mga lepta sa banko ng langit. Ang waring maliliit na mga kaloob na ito, kung ibinibigay ng pusong pinag-uumapawan ng pag-ibig sa Diyos, ay nagiging mga banal na kaloob, mga walang-katumbas na handog, na kinaluluguran at pinagpapala ng Diyos.

Nang sabihin ni Jesus tungkol sa babae, Siya'y "naghulog nang higit kaysa kanilang lahat," ay totoo ang Kaniyang sinabi, hindi lamang tungkol sa adhika nito, kundi sa mga ibinunga rin naman ng kaniyang kaloob. Ang "dalawang lepta na ang halaga'y halos isang beles" ay nagpasok sa kabang-yaman ng Diyos ng halagang higit pang malaki kaysa mga iniabuloy ng mayayamang Hudyong yaon. Ang impluwensiya ng maliit na kaloob na yaon ay naging katulad ng isang batis, na maliit sa pasimula, nguni't lumaki nang lumaki at lumalim nang lumalim habang umaagos sa buong mga panahon. [887]
Sa sanlibong mga kaparaanan ay nakatulong ito sa ikagiginhawa ng mga dukha at sa ikalalaganap ng ebanghelyo. Ang kaniyang halimbawa ng pagpapakasakit sa sarili ay gumawa nang gumawa sa libu-libong mga puso sa lahat ng lupain at sa lahat ng panahon. Nakaantig ito sa mayayaman at sa mahihirap, at ang mga handog nila ay lalong nagpalaki sa halaga ng kaniyang kaloob. Ang pagpapala ng Diyos sa lepta ng babaeng balo ay siyang pinanggalingan ng malalaking ibinunga. Ganyan din ang mangyayari sa bawa't kaloob na ibinibigay at sa bawa't gawang ginaganap nang may tapat na hangaring ukol sa ikaluluwalhati ng Diyos. Ito'y nakakawing sa mga panukala ng Makapangyarihan sa lahat. Walang taong makatataho sa mga ibubunga nitong mabuti.

Ipinagpatuloy ng Tagapagligtas ang Kaniyang mga batikos sa mga eskriba at mga Pariseo: "Sa aba ninyo, kayong mga tagaakay na bulag, na inyong sinasabi, Kung ipanumpa ninuman ang templo, ay walang anuman; datapwa't kung ipanumpa ninuman ang ginto ng templo, ay nagkakautang nga siya! Kayong mga mangmang at mga bulag: sapagka't alin baga ang lalong dakila, ang ginto, o ang templong bumabanal sa ginto? At, kung ipanumpa ninuman ang dambana, ay walang anuman; datapwa't kung ipanumpa ninuman ang handog na nasa ibabaw nito, nagkakasala nga siya. Kayong mga mangmang at mga bulag: sapagka't alin baga ang lalong dakila, ang handog, o ang dambana na bumabanal sa handog?" Ang mga hinihingi ng Diyos ay ipinaliwanag ng mga saserdote nang alinsunod sa kanilang mali at makitid na pamantayan. Sila ang naglagay ng mga pagkakaiba-iba ng bigat ng mga iba't ibang kasalanan, na sina6abing ang sa iba ay magagaan, at ang sa iba pa ay mabibigat na anupa't hindi maipatatawad. Nang dahil sa salapi ay pinagpaumanhinan nila
[888] ang mga tao sa pagkukulang ng mga ito sa kanilang mga panata. At dahil din sa malalaking halaga ng salapi ay ipinipikit nila ang kanilang mga mata sa mabibigat na mga kasalanan. Kaalinsabay din naman nito ang ibang mga kaso ay ginagawaran ng mga saserdote at mga pinuno ng mabibigat na hatol sa maliliit lamang na pagkukulang.

"Sa aba ninyo, mga eskriba at mga Pariseo, mga mapagpaimbabaw! sapagka't nangagbibigay kayo ng sa ikapu ng yerbabuwena at ng anis at ng komino, ar inyong pinababayaang di-ginagawa ang lalong mahahalagang bagay ng kautusan, na di iba't ang katarungan, ang pagkahahabag, at ang pananampalataya: dapat sana ninyong gawin ang mga ito, at huwag pabayaang di-gawin yaong iba." Sa mga pangungusap na ito ay muling hinahatulan ni Kristo ang pagmamalabis sa banal na tungkulin. Ang tungkulin na rin ay hindi Niya isinasa-isantabi. Ang sistema ng pag-iikapu ay itinalaga ng Diyos, at ito ay isinagawa na buhat pa ng kauna-unahang mga panahon. Si Abraham, na ama ng mga tapat, ay nagbayad ng mga ikapu ng lahat niyang tinatangkilik. Kinilala ng mga pinunong Hudyo ang tungkulin ng pagbabayad ng ikapu, at ito ay matwid; nguni't hindi nila ipinaubaya sa mga tao ang pagsasakatuparan ng sarili nilang mga paniniwala tungkol sa tungkulin. Mga utos na sapilitan ang inilagda sa bawa't kaso o bagay. Ang mga tagubilin at mga utos ay

naging gayon na lamang kasikot na anupa't mahirap nang tuparin ang mga iyon. Walang makapagsabi kung sinunod nila ang kanilang mga tungkulin. Sapagka't Diyos ang nagbigay nito, ang sistema ng pagiikapu ay makatarungan at makatwiran; nguni't ginawa itong mabigat at nakapapagod ng mga saserdote at mga rabi.

Lahat ng mga iniuutos ng Diyos ay mahalaga. Kinilala ni Kristo na isang tungkulin ang pagbabayad ng mga ikapu; subali't ipinakilala rin naman Niya na hindi dahilan ito upang kaligtaan at pabayaan [889] ang iba pang mga tungkulin. Hustung-husto at tapat na tapat ang mga Pariseo sa pag-iikapu sa mga bunga ng halaman, gaya ng yerbabuwena, anis, at komino; maliit ang halagang nakukuha nito sa kanila, at ito'y nagbibigay sa kanila ng karangalan sa pagiging-tapat at banal. Kaalinsabay naman nito ang walang-kabuluhan nilang mga paghihigpit ay nagpahirap sa mga tao at sumira ng paggalang nila sa mga banal na sistemang itinakda ng Diyos. Pinuno nila ang isip ng mga tao ng maliliit na bagay, at inihiwalay ang kanilang pansin sa mahahalagang katotohanan. Ang lalong mahahalagang bagay ng kautusan, na di iba't ang katarungan, kahabagan, at katotohanan, ay pinabayaan. "Dapat sana ninyong gawin ang mga ito," sabi ni Kristo, "at huwag pabayaang di-gawin yaong iba."

Sinira ng mga rabi ang ibang mga kautusan sa gayunding paraan. Sa mga tagubiling ibinigay sa pamamagitan ni Moises ay ipinagbawal ang kumain ng anumang maruming bagay. Ang pagkain ng laman ng baboy, at ng laman ng iba pang mga hayop, ay ipinagbawal, sapagka't ito ang magpaparumi sa dugo, at magpapaigsi sa buhay. Nguni't hindi iniwan ng mga Pariseo ang mga ipinagbabawal na ito ayon sa pagkahkabigay sa kanila. Gumawa pa sila ng di-makatwirang mga pagmamalabis. Kabilang sa mga pagmamalabis na ito ay kanilang iniutos na salain ang lahat ng tubig na ginagamit, baka ito'y nagkakaroon ng maliliit na insekto o kulisap, na kauri ng maruruming hayop. Nang ihambing ni Jesus ang maliliit na paghihigpit na ito sa malalaki nilang mga pagkakasala, ay sinabi Niya sa mga Pariseo, "Kayong mga tagaakay na bulag, na inyong sinasala ang lamok, at nilulunok ninyo ang kamelyo."

"Sa aba ninyo, mga eskriba at mga Pariseo, mga mapagpaimbabaw! sapagka't tulad kayo sa mga libingang pinaputi; na may anyong maganda sa labas datapwa't sa loob ay puno ng mga buto [890] ng mga patay na tao, at ng lahat na karumal-dumal." Kung paanong

ang loob ng pinaputi at ginayakang libingan ay siyang kinakukublihan ng mga nabubulok na bangkay, gayundin namang ang panlabas na kabanalan ng mga saserdote at mga pinuno ay nagkukubli ng kanilang katampalasanan. Nagpatuloy pa si Jesus:

"Sa aba ninyo, mga eskriba at mga Pariseo, mga mapagpaimbabaw! sapagka't itinatayo ninyo ang mga libingan ng mga propeta, at inyong ginagayakan ang mga libingan ng mga matwid, at sinasabi ninyo, Kung kami sana ang nangabubuhay nang mga kaarawan ng aming mga magulang, disi'y hindi kami nangakaramay nila sa dugo ng mga propeta. Kaya't kayo'y nangagpapatotoo sa inyong sarili, na kayo'y mga anak niyaong mga nagsipatay ng mga propeta." Upang ipakilala ng mga Hudyo ang pagpapahalaga nila't paggalang sa mga nangamatay na propeta, ay pinagsikapan nilang mapaganda ang mga libingan ng mga ito; nguni't hindi naman sila nakinabang sa mga turo ng mga ito, ni dininig man ang kanilang mga suwat o sansala.

Noong panahon ni Kristo ay mayroong pamahiin ang mga tao na nag-aalang-alang sa mga pahingahang dako ng mga patay, at malalaking halaga ng salapi ang ginugol sa paggagayak ng mga ito. Sa paningin ng Diyos ay ito'y pagsamba sa diyos-diyusan. Sa kanilang labis na paggalang sa mga patay ay ipinakilala nilang hindi nila iniibig ang Diyos nang higit sa lahat, ni ang kanilang mga kapwa man nang tulad sa kanilang mga sarili. Ang ganito ring paraan ng pagsamba sa diyos-diyusan ay malaganap ngayon. Marami ang nagkakasala ng pagpapabaya sa mga babaeng balo at sa mga ulila, sa mga maysakit at mga dukha, upang makapagtayo ng nagmamahalang mga bantayog para sa mga patay. Ang panahon,
[891] salapi, at pagod ay malayang ginugugol sa layuning ito, samantalang ang mga tungkulin naman sa mga nabubuhay—mga tungkuling malinaw na ipinagagawa ni Kristo—ay hindi ginagawa.

Itinayo ng mga Pariseo ang mga tumba o mga libingan ng mga propeta, at ginayakan ang mga ito, at sinabi sa isa't isa, Kung tayo sana'y nangabubuhay nang mga kaarawan ng ating mga magulang, hindi sana tayo nakiisa sa kanila sa pagtitigis ng dugo ng mga lingkod ng Diyos. Kaalinsabay naman nito'y pinagpapanukalaan nilang kitlin ang buhay ng Kaniyang Anak. Ito'y dapat ding maging aral sa atin. Dapat itong makapagmulat ng ating mga mata upang ating makita ang kapangyarihan ni Satanas sa pagdaya sa pag-iisip na tumatalikod sa liwanag ng katotohanan. Marami ang

sumusunod sa landas ng mga Pariseo. Iginagalang nila yaong mga nangamatay sa kanilang pananampalataya. Namamangha sila sa pagkabulag ng mga Hudyo sa pagtatakwil kay Kristo. Kung kami lamang ay nabubuhay noong Kaniyang kaarawan, sinasabi nila, buong galak sana naming tinanggap ang Kaniyang turo; hindi sana kami naging mga karamay sa pagkakasala niyaong mga nagsitanggi sa Tagapagligtas. Datapwa't pagka ang pagtalima sa Diyos ay nangangailangan ng pagtanggi sa sarili at ng pagpapakababa, ang mga tao ring ito ang nagpapawalang-halaga sa kanilang mga paniniwaia, at tumatangging tumalima Sa gayo'y ipinakikita nila ang diwa ring iyon ng mga Pariseo na hinatulan ni Kristo.

Bahagya nang nadama ng mga Hudyo ang kakilakilabot na kapanagutang napapaloob sa pagtatakwil nila kay Kristo. Buhat nang araw na matigis ang unang walang-salang dugo, nang ang matwid na si Abel ay mahulog sa kamay ni Cain, ang kasaysayan ding ito ay paulitulit na nangyayari, nang may papalaking katampalasanan. Sa bawa't panahon ay may mga propetang nagtaas ng kanilang mga tinig laban sa mga kasalanan ng mga hari, mga pinuno, at mga tao, [892]
na sinasalita ang mga pangungusap na ibinigay sa kanila ng Diyos, at tinatalima ang Kaniyang kalooban kahit na manganib ang kanilang mga buhay. Sa pana-panahon ay may natatalaksang kakila-kilabot na kaparusahan sa mga nagsisitanggi sa liwanag at katotohanan. Ito'y unti-unti ngayong ibinababa ng mga kaaway ni Kristo sa sarili nilang mga ulo. Ang kasalanan ng mga saserdote at mga pinuno ay higit na malaki kaysa alinmang naunang salin-ng-lahi. Sa pagkakatakwil nila sa Tagapagligtas, ay nananagot sila sa dugo ng lahat ng mga matwid na taong pinatay buhat kay Abel hanggang kay Kristo. Malapit na nilang mapuno at paapawin ang saro ng kanilang katampalasanan. At di-magluluwat at ito'y ibubuhos na sa kanilang mga ulo bilang ganti o parusa ng katarungan. Tungkol dito'y binabalaan sila ni Jesus:

"Upang mabubo sa inyo ang lahat na matwid na dugo na nabuhos sa ibabaw ng lupa, buhat sa dugo ng matwid na si Abel hanggang sa dugo ni Zacarias na anak ni Baraquias, na pinatay ninyo sa pagitan ng santuwaryo at ng dambana. Katotohanang sinasabi Ko sa inyo, Ang Iahat ng mga bagay na ito ay darating sa lahing ito."

Batid ng mga eskriba at mga Pariseong nakinig kay Jesus na totoo ang mga sinabi Niya. Batid nila kung paano pinatay ang

propetang si Zacarias. Samantalang ang mga salita ng pagbababala ng Diyos ay nasa mga labi pa Niya, ay inalihan ng maka-Satanas na kagalitan ang tumalikod na hari, at sa utos nito ay pinatay ang propeta. Ang dugo niya ay nabakas sa mga bato ng patyo ng templo, at hindi na maalis; ito'y namalagi upang magpatotoo laban sa tumalikod na Israel. Habang nakatayo ang templo, ay doroon ang bakas ng banal na dugo, na humihibik sa Diyos upang siya'y ipaghiganti. Nang banggitin ni Jesus ang nakapangingilabot na mga kasalanang
[893] ito, ay pinagharian ng sindak ang buong karamihan.

Sa pagkakatingin ni Jesus sa hinaharap, ay sinabi Niya na ang di-pagsisisi ng mga Hudyo at ang kanilang kalupitan sa mga lingkod ng Diyos ay magiging gayundin sa hinaharap gaya ng nangyari sa nakaraan:

"Kaya't, narito, sinusugo Ko sa inyo ang mga propeta, at ang mga pantas na lalaki, at ang mga eskriba: at ang mga iba sa kanila'y inyong papatayin at ipapako sa krus; at ang mga iba sa kanila'y inyong hahampasin sa inyong mga sinagoga, at sila'y inyong paguusigin sa bayanbayan." Ang mga propeta at mga pantas na lalaki, na puspos ng pananampalataya at ng Espiritu Santo,—gaya nina Esteban, Santiago, at marami pang iba,— ay mga hinatulan at pinatay. Nakataas ang kamay sa langit, at ang Kaniyang persona ay nababalot ng banal na liwanag, na nagsalita si Kristo bilang isang hukom sa mga nasa harap Niya. Ang Kaniyang tinig, na madalas marinig na nangungusap nang mahinahon at namamanhik, ay narinig ngayon na sumasaway at humahatol. Nanginig ang mga nagsisipakinig. Ang impresyon o kakintalang nagawa ng Kaniyang mga salita at ng Kaniyang anyo ay hindi na kailanman mapapawi.

Kinapootan ni Kristo ang pagpapaimbabaw, ang mabibigat na kasalanan, na sa pamamagitan nito'y sinisira ng mga tao ang sarili nilang mga kaluluwa, na dinadaya ang mga tao at nilalapastangan ang Diyos. Sa mainam at mapanlinlang na pangangatwiran ng mga saserdote at mga pinuno ay nakita Niya ang paggawa ng mga kinakasangkapan ni Satanas. Matalas at nananaliksik ang Kaniyang pagbatikos sa kasalanan; nguni't hindi naman Siya bumigkas ng mga salita ng paghihiganti. Mayroon Siyang banal na pagkagalit sa prinsipe ng kadiliman; gayunma'y hindi Siya nagpakita ng yamot na damdamin. Kaya ang Kristiyanong namumuhay nang kaayon ng Diyos, na nagtataglay ng matatamis na likas ng pag-ibig at kahaba-

gan, ay makakaramdam ng banal na pagkagalit laban sa kasalanan; [894]
nguni't hindi siya mauudyukan ng silakbo ng, galit na alipustain ang umaalipusta sa kaniya. Maging sa pakikiharap man sa mga taong inuudyukan ng kapangyarihang buhat sa ibaba upang panatilihin ang kasinungalingan, kay Kristo'y mapananatili pa rin niya ang kahinahunan at pagpipigil.

Banal na kahabagan ang nakabadha sa mukha ng Anak ng Diyos nang tapunan Niya ng tingin ang templo at pagkatapos ay ang mga nakikinig sa Kaniya. Sa tinig na pinipiyapis ng matinding pamimighati ng puso at ng mapapait na pagluha ay bumulalas Siya, "Oh Jerusalem, Jerusalem, na pumapatay sa mga propeta, at bumabato sa mga sinusugo sa kaniya, makailang inibig Kong tipunin ang iyong mga anak, na gaya ng pagtipon ng inahing manok sa kaniyang mga sisiw sa ilalim ng kaniyang mga pakpak, at ayaw kayo!" Ito ang naghihirap na pamamaalam. Sa panaghoy ni Kristo ay puso na mismo ng Diyos ang tumatangis. Ito ang mahiwagang pamamaalam ng mapagpahinuhod na pag-ibig ng Diyos.

Nangatahimik ang mga Pariseo at mga Saduceo. Tinawag ni Jesus ang Kaniyang mga alagad, at humanda nang lisanin ang templo, hindi bilang isang nagapi at napilitang umurong sa kaniyang mga kalaban, kundi bilang isa na nakatapos ng kaniyang gawain. Umalis Siyang mananagumpay sa labanan.

Ang mga hiyas ng katotohanang namutawi sa mga labi ni Kristo nang makasaysayang araw na yaon ay iningat-ingatan sa puso ng marami. Sa ganang kanila'y mga bagong isipan ang nagkabuhay, mga bagong hangarin ang nagising, at isang bagong kasaysayan ang pinasimulan. Pagkatapos na si Kristo'y mabayubay sa krus at mabuhay na mag-uli, ang mga taong ito ang lumagay sa unahan, at tinupad ang utos sa kanila ng Diyos na taglay ang karunungan at kasigasigang tumutugon sa laki ng gawain. Dinala nila ang isang pa-
balitang namanhik sa puso ng mga tao, at pinapanghina ang matatan- [895]
dang pamahiin na maluwat nang nagpaunano sa kabuhayan ng mga libu-libo. Sa kanilang pagpapatotoo ay naging parang mga walang-kabuluhang haka-haka ang mga teorya at mga pilosopiya ng mga tao. Sa mga nangamamangha't gimbal na karamihang nagkatipon sa templo sa Jerusalem, ay dakilang mga bagay ang ibinunga ng mga pangungusap ng Tagapagligtas.

Datapwa't ang Israel sa pagiging isang bansa ay humiwalay na sa Diyos. Ang katutubong mga sanga ng punong olibo ay nangabali na. Sa kahuli-hulihang pagsulyap Niya sa loob ng templo, ay sinabi ni Jesus sa basag na tinig, "Narito, ang inyong bahay ay iniiwan sa inyong wasak. Sapagka't sinasabi Ko sa inyo, Buhat ngayon ay hindi ninyo Ako makikita, hanggang sa inyong sabihin, Mapalad ang pumaparito sa pangalan ng Panginoon." Hanggang sa oras na iyon ay tinawag Niya ang templo na bahay ng Kaniyang Ama; subali't ngayon, pagkalabas ng Anak ng Diyos sa mga kutang yaon, ay babawiin na ng Diyos ang Kaniyang pakikiharap sa templong itinayo sa ikaluluwalhati Niya. Buhat ngayon ay mawawalan na ng kahulugan ang mga seremonya, at mawawalan na rin ng halaga ang
[896] paglilingkod dito.

# Kabanata 68—Sa Labas ng Patyo

Ang kabanatang ito ay batay sa Juan 12:20-43.

"Mayroon ngang ilang Griyego na nagsiahon sa kapistahan upang magsisamba: ang mga ito nga'y nagsilapit kay Felipe, na taga-Bethsaida ng Galilea, at nagsipamanhik sa kaniya, na sinasabi, Ginoo, ibig sana naming makita si Jesus. Lumapit si Felipe at sinabi kay Andres: at lumapit si Andres at si Felipe at kanilang sinabi kay Jesus."

Nang panahong ito ang gawain ni Kristo ay waring dumaraan sa malupit na kabiguan. Nagtagumpay Siya sa pakikipagtalo sa mga saserdote at mga Pariseo, nguni't maliwanag na Siya'y hindi nila kailanman tatanggaping Mesiyas. Sumapit na ang huling paghihiwalay. Sa palagay ng mga alagad Niya ay waring talagang wala nang pag-asa. Nguni't nalalapit na si Jesus sa wakas ng Kaniyang gawain. Ang dakilang pangyayaring nauukol hindi lamang sa bansang Hudyo, kundi sa buong sanlibutan din naman, ay malapit nang maganap. Nang mapakinggan ni Kristo ang sabik na kahilingang, "Ibig sana naming makita si Jesus," na iniaalingawngaw ang nagugutom na sigaw ng sanlibutan, ay nagliwanag ang Kaniyang mukha, at sinabi Niya, "Dumating na ang oras, na ang Anak ng tao ay luluwalhatiin." Sa pakiusap ng mga Griyego ay nakita Niya ang [897]
tanda ng mga ibubunga ng Kaniyang dakilang sakripisyo.

Ang mga taong ito'y nanggaling sa Kanluran upang hanapin ang Tagapagligtas nang panahong nagtatapos na ang Kaniyang buhay sa lupa, tulad din naman ng mga Pantas na lalaking nagbuhat sa Silangan noong Siya'y isilang. Nang panahong ipanganak si Kristo ay abalangabala ang mga Hudyo sa kanilang matatayog na mga panukala na anupa't hindi nila napag-alaman ang Kaniyang pagdating. Ang mga Mago o mga Pantas na nagmula sa mga bansang walang-pagkakilala sa tunay na Diyos ay nagsirating sa pasabsaban na taglay ang kanilang mga kaloob, upang sumamba sa Tagapagligtas. Gayundin ang mga Griyegong ito, na kumakatawan sa mga

bansa, mga angkan, at mga bayan ng sanlibutan, ay nagsirating upang makita si Jesus. Gayundin maaakit ng krus ng Tagapagligtas ang mga tao ng lahat ng mga bansa at ng lahat ng mga panahon. Gayundin "marami ang magsisipanggaling sa silangan at sa kanluran, at magsisiupong kasama ni Abraham, at ni Isaae, at ni Jacob, sa kaharian ng langit." Mateo 8:11.

Nabalitaan ng mga Griyego ang matagumpay na pagpasok ni Kristo sa Jerusalem. May mga nag-akala, at nagkalat ng balita, na Kaniyang pinalayas ang mga saserdote at mga pinuno sa templo, at Kaniyang aangkinin ang luklukan o trono ni David, at maghahari sa Israel. Ibig maalaman ng mga Griyego ang katotohanan tungkol sa Kaniyang misyon. "Ibig sana naming makita si Jesus," sabi nila. Pinagbigyan naman ang nais nila. Nang sabihin kay Jesus ang kahilingan nila, ay nasa dako Siya ng templo na walang sinumang pinapapasok kundi mga Hudyo lamang, nguni't nilabas Niya ang mga Griyego sa labas ng patyo, at Siya'y personal na nakipag-usap sa kanila.

[898] Dumarating na ang oras ng pagluwalhati kay Kristo. Nakatayo na Siya sa lilim ng krus, at ang pag-uusisa ng mga Griyego ay nagpakilala sa Kaniya na ang sakripisyong malapit na Niyang gawin ay maghahatid sa Diyos ng maraming mga anak na lalaki at mga anak na babae. Batid Niyang ilang saglit lamang ay makikita na Siya ng mga Griyego sa isang kalagayang hindi nila inaasahan. Makikita nila Siyang itatabi kay Barrabas, na isang tulisan at mamamatay-tao, at pipiliin itong pawalan na kahalili ng Anak ng Diyos. Maririnig nila ang mga tao, na inuudyukan ng mga saserdote at mga pinuno, sa gagawin nilang pagpili. At sa katanungang, "Ano ang gagawin ko kay Jesus na tinatawag na Kristo?" ay ibibigay ang sagot na, "Ipako Siya sa krus." Mateo 27:22. Pagka ginawa na ang ganitong pampalubag-loob para sa mga kasalanan ng mga tao, batid ni Kristong magiging sakdal na ang Kaniyang kaharian, at aabot na sa buong sanlibutan. Siya'y gagawa bilang Tagapagsauli, at mananaig ang Kaniyang Espiritu. Saglit Siyang tumanaw sa dumarating na panahon, at narinig Niya ang mga tinig na sa lahat ng mga dako ng lupa ay nagsisipagtanyag ng, "Narito ang Kordero ng Diyos, na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan." Juan 1:29. Sa mga taga-ibang lupang ito ay nakita Niya ang pangako ng isang masaganang ani, pagka nagiba na ang pader na naghihiwalay sa mga Hudyo at sa mga

Hentil, at pagka narinig na ng lahat ng mga bansa, mga wika, at mga bayan ang pabalita ng kaligtasan. Ang paghihintay sa pangyayaring ito, ang katuparan ng Kaniyang mga inaasahan, ay ipinahahayag sa pangungusap na, "Dumating na ang oras, na ang Anak ng tao ay luluwalhatiin." Nguni't ang paraang ipangyayari ng pagluluwalhating ito ay di-kailanman nawawala sa isip ni Kristo. Ang pagtitipon sa mga Hentil ay siyang susunod sa nalalapit na Niyang pagkamatay. Sa pamamagitan lamang ng Kaniyang kamatayan maililigtas ang sanlibutan. Tulad sa isang butil ng trigo, ang Anak ng tao ay [899]
dapat munang mapahasik sa lupa at mamatay, at malibing upang mawala sa paningin; nguni't Siya ay muling mabubuhay.

Ipinakilala ni Kristo ang Kaniyang hinaharap, na inilarawan iyon sa pamamagitan ng mga bagay ng katalagahan o kalikasan, upang maunawaan ng mga alagad. Ang tunay na bunga ng Kaniyang misyon ay maaabot sa pamamagitan ng Kaniyang kamatayan. "Katotohanan, katotohanang sinasabi Ko sa inyo," wika Niya, "malibang ang butil ng trigo ay mahulog sa lupa at mamatay, ay natitira siyang mag-isa: nguni't kung mamamatay, ay nagbubunga nang marami." Kapag ang butil ng trigo ay nahulog sa lupa at namatay, ito'y sumisibol, at nagbubunga. Kaya nga ang pagkamatay ni Kristo ay magbibigay ng bunga para sa kaharian ng Diyos. Alinsunod sa batas ng mga pananim o mga halaman, buhay ang ibubunga ng Kaniyang kamatayan.

Sa mga nagbubungkal ng lupa ay lagi nilang nakikita ang ganitong paghahalimbawa. Taun-taon ay pinangangalagaan ng tao ang panustos niyang butil sa pamamagitan ng wari'y pagtatapon ng pinakamabuti sa mga binhi. Sa loob ng isang panahon ay kailangang ito'y matabunan ng lupang inararo, na babantayan ng Panginoon. Pagkatapos ay lilitaw ang dahon, saka ang uhay, at saka ang butil sa uhay. Subali't ang ganitong pagtubo ay hindi mangyayari malibang ang butil ay matabunan at matago muna sa paningin, at magmistulang nawala.

Ang binhing nabaon sa lupa ay siyang nagbubunga, at ito rin naman ang siyang itinatanim uli. Sa ganito ay dumarami ang ani. Kaya nga ang pagkamatay ni Kristo sa krus ng Kalbaryo ay magbubunga ng walanghanggang buhay. Ang pagbubulay-bulay ng sakripisyong ito ay ikaluluwalhati niyaong mga, bilang siyang bunga nito, ay mangabubuhay sa buong panahong walang-katapusan. [900]

Ang butil ng trigong nangangalaga sa sarili nitong buhay ay hindi makapagbubunga. Nananatili itong nagiisa. Kung inibig lamang ni Kristo, nailigtas sana Niya ang Kaniyang sarili sa kamatayan. Nguni't kung ginawa Niya ito, sana'y mananatili Siyang nag-iisa. Wala Siyang madadala sa Diyos na mga anak na lalaki at mga anak na babae. Sa pamamagitan lamang ng pag-aalay Niya ng Kaniyang buhay makapagbibigay Siya ng buhay sa sangkatauhan. Sa pamamagitan lamang ng pagkabuwal Niya sa lupa upang mamatay saka Siya magiging binhi ng malaking aning yaon—ang malaking karamihan na matutubos sa Diyos buhat sa bawa't bansa, at lipi, at wika, at bayan.

Sa katotohanang ito ay iniuugnay ni Kristo ang aral ng pagsasakripisyo ng sarili na dapat matutuhan ng lahat: "Ang umiibig sa kaniyang buhay ay mawawalan nito at ang napopoot sa kaniyang buhay sa sanlibutang ito ay maiingatan yaon sa buhay na walang-hanggan." Lahat ng ibig magbunga sa pagiging mga manggagawang kasama ni Kristo ay dapat munang mahulog sa lupa at mamatay. Ang buhay ay dapat mahasik sa tudling ng pangangailangan ng sanlibutan. Ang pag-ibig sa sarili, ang pagmamalasakit sa sarili, ay dapat mamatay. At ang batas ng pagsasakripisyo ng sarili, ay siyang batas ng pagpapanatili sa sarili. Napamamalagi ng magsasaka ang kaniyang butil o binhi sa pamamagitan ng paghahagis o paghahasik nito. Ganyan din sa buhay ng tao. Nagbigay upang mabuhay. Ang buhay na mapananatili ay ang buhay na malayang ibinibigay sa paglilingkod sa Diyos at sa tao. Ang mga taong nagsasakripisyo ng kanilang buhay sa sanlibutang ito alang-alang kay Kristo ay makapag-iingat nito sa buhay na walang-hanggan.

Ang buhay na ginagamit para sa sarili ay natutulad sa binhing kinakain. Nawawala ito, nguni't hindi dumarami. Makapagtitipon ang
[901] tao ng lahat niyang kayang tipunin para sa sarili; makapamumuhay siya at makapagiisip at makapagpapanukala para sa kaniyang sarili; subali't ang buhay niya'y lumilipas at napaparam, at wala na siya. Ang batas ng paglilingkod sa sarili ay batas ng pagpuksa sa sarili.

"Kung ang sinumang tao'y maglilingkod sa Akin," wika ni Jesus, "ay sumunod sa Akin; at kung saan Ako naroroon, ay doon naman doroon ang lingkod Ko: kung ang sinumang tao'y maglilingkod sa Akin, ay siya'y pararangalan ng Aking Ama." Lahat ng nakipasan kay Jesus ng krus ng sakripisyo ay makakasama Niya sa

Kaniyang kaluwalhatian. Ikinagalak ni Kristo na sa pagkakahamak at pagkakapagpahirap sa Kaniya ay kasama Niyang maluluwalhati ang Kaniyang mga alagad. Sila ang mga bunga ng pagkakapagsakripisyo ng Kaniyang sarili. Ang pagkakalikha sa kanila ng sarili Niyang likas at diwa ay siya Niyang gantimpala, at siyang magiging katuwaan Niya sa buong panahong walang-hanggan. Sa katuwaang ito ay kabahagi sila kapag ang bunga ng kanilang pagpapagal at pagsasakripisyo ay nakikita na sa mga puso at mga kabuhayan ng iba. Sila'y mga manggagawang kasama ni Kristo, at sila'y pararangalan ng Ama gaya rin naman ng Kaniyang pagpaparangal sa Kaniyang Anak.

Ang pasabi ng mga Griyego, palibhasa'y paunang naglalarawan ng pagtitipon ng mga Hentil, ay siyang nagpaalaala kay Jesus ng Kaniyang buong misyon. Dumaan sa harap Niya ang gawain ng pagtubos, buhat nang panahong ito ay panukalain sa langit, hanggang sa Kaniyang nalalapit na kamatayan. Isang mahiwagang ulap ang waring nakalukob sa Anak ng Diyos. Ang lambong nito ay nadama ng mga nasa kalapit Niya. Siya'y naupong nag-iisip. Sa wakas ay pinunit ang katahimikan ng Kaniyang malungkot na tinig, "Ngayon ay nagugulumihanan ang Aking kaluluwa; at ano ang Aking sasabihin? Ama, iligtas Mo Ako sa oras na ito." Sa paghihintay [902]
ng sasapitin Niya ay parang umiinom na si Kristo sa saro ng kapaitan. Ang Kaniyang pagkatao ay nangunti sa oras ng kapabayaan at pag-iisa, sa panahong sa malas ay pababayaan Siya pati ng Diyos, sa panahong Siya'y makikita ng lahat na hinampas at pinarusahan at dinalamhati ng Diyos. Siya'y nanliit sa pagkakalantad sa madla, sa pagkakaturing sa Kaniya na parang pinakamasama sa lahat ng mga kriminal, at sa nakahihiya at nakawawala-ng-dangal na kamatayan. Ang pagkakaisip Niya tungkol sa Kaniyang pakikilaban sa mga kapangyarihan ng kadiliman, ang pagkadama Niya ng nakapangingilabot na bigat ng pagsalansang ng sangkatauhan, at ng galit ng Ama nang dahil sa kasalanan ay nakapagpalumo sa diwa ni Jesus, at nabadha sa Kaniyang mukha ang maputlang kulay ng kamatayan.

Saka sumunod ang pagpapasakop sa kalooban ng Kaniyang Ama. "Dahil dito," sabi Niya, "ay naparito Ako sa oras na ito. Ama, luwalhatiin Mo ang Iyong pangalan." Sa pamamagitan lamang ng kamatayan ni Kristo maigugupo ang kaharian ni Satanas. Sa ganitong paraan lamang matutubos ang tao, at maluluwalhati ang

Diyos. Sumang-ayon si Jesus na magbata ng hirap, tinanggap Niyang magsakripisyo. Ang Hari ng kalangitan ay sumang-ayong magdusa bilang Tagapagdala ng Kasalanan. “Ama, luwalhatiin Mo ang Iyong pangalan,” sinabi Niya. Nang mabigkas ni Kristo ang mga salitang ito, ay dumating ang sagot na buhat sa alapaap na nakayungyong sa ibabaw ng Kaniyang ulo: “Niluwalhati Ko na, at muli Kong luluwalhatiin.” Ang buong buhay ni Kristo, magbuhat sa pasabsaban hanggang sa panahong salitain Niya ang pangungusap na ito, ay ikinaluwalhati ng Diyos; at sa dumarating na pagsubok ang Kaniyang Diyos-taong paghihirap ay tunay na makaluluwalhati
[903] sa pangalan ng Kaniyang Ama.

Kapag karakang narinig ang tinig, isang liwanag ang pumuslit buhat sa alapaap, at pinaligiran si Kristo, na para bagang niyakap Siya ng mga kamay ng Walanghanggang Kapangyarihan na katulad ng isang kuta ng apoy. Napamulagat sa sindak at pagtataka ang mga tao sa tanawing ito. Walang nakapangahas na magsalita. Tikom ang mga labi at pigil ang paghingang nakatayo ang lahat na ang mga mata’y nakatuon kay Jesus. Palibhasa’y naibigay na ang patotoo ng Ama, ang alapaap ay tumaas na, at nangalat sa langit. Natapos sa sansaglit ang pag-uusap ng Ama at ng Anak.

“Ang karamihan ngang nangaroroon, at nangakarinig, ay nagsipagsabing kumulog: sinabi naman ng mga iba, Isang anghel ang nakipag-usap sa Kaniya.” Datapwa’t ang nag-uusisang mga Griyego ay nakakita sa alapaap, narinig ang tinig, naunawaan ang kahulugan niyon, at tunay na nakilala si Kristo; sa ganang kanila Siya’y nahayag bilang ang Isinugo ng Diyos.

Ang tinig ng Diyos ay narinig nang bautismuhan si Jesus sa pasimula ng Kaniyang ministeryo, at muling narinig nang Siya’y magbagong-anyo sa bundok. Ngayon sa katapusan ng Kaniyang ministeryo ay narinig ito sa ikatlong pagkakataon, ng lalong malaking bilang ng mga tao, at sa ilalim ng natatanging mga pangyayari. Kabibigkas pa lamang ni Jesus ng napakasolemneng katotohanan tungkol sa kalagayan ng mga Hudyo. Nasabi na Niya ang kahuli-hulihan Niyang pamanhik, at naigawad na rin Niya ang hatol sa kanila. Ngayo’y muling inilagay ng Diyos ang Kaniyang tatak sa misyon ng Kaniyang Anak. Kinilala Niya ang Isa na itinakwil ng Israel. “Ang tinig na ito’y hindi dumating dahil sa Akin,” sabi ni Jesus, “kundi dahil sa inyo.” Ito ang pinakapamutong na katunayan

ng Kaniyang pagka-Mesiyas, ang pinakahudyat na buhat sa Ama na si Jesus ay nagsalita ng katotohanan, at Siya nga ay Anak ng Diyos. [904]

"Ngayon ang paghatol sa sanlibutang ito," patuloy na wika ni Kristo, "ngayon ang prinsipe ng sanlibutang ito ay palalayasin. At Ako, kung Ako'y mataas na mula sa lupa, ang lahat ng mga tao ay palalapitin Ko sa Akin din. Ito'y sinabi Niya, na ipinaaalam kung sa anong kamatayan ang ikamamatay Niya." Ito ang krisis ng sanlibutan. Kung Ako ay maging pampalubag-loob para sa mga kasalanan ng mga tao, ay magliliwanag ang sanlibutan. Masisira ang pagkakahawak ni Satanas sa mga kaluluwa ng mga tao. Ang dating wangis ng Diyos sa mga tao na nasira ay mababalik uli, at isang sambahayan ng sumasampalatayang mga banal ang sa wakas ay magmamana ng tahanan sa langit. Ito ang bunga ng pagkamatay ni Kristo. Ang tanawin ng tagumpay ay siyang pumuno sa isip ng Tagapagligtas. Nakita Niya ang krus, ang malupit at kahiya-hiyang krus, na kasama ang lahat nitong dulot na lagim, na nagniningning sa kaluwalhatian.

Nguni't ang gawain ng pagtubos sa tao ay hindi siya lamang nagampanan ng krus. Naipakita rin sa santinakpan ang pag-ibig ng Diyos. Ang prinsipe ng sanlibutang ito ay pinalayas. Ang lahat ng paratang ni Satanas laban sa Diyos ay napasinungalingan. Ang kadustaang ipinukol niya sa langit ay napawi na magpakailanman. Nailapit na sa Manunubos ang mga anghel at ang mga tao. "Ako, kung Ako'y mataas na mula sa lupa," wika Niya, "ang lahat ng mga tao ay palalapitin Ko sa Akin din."

Maraming tao ang nakapalibot kay Kristo nang bigkasin Niya ang mga salitang ito, at may isang nagsabi, "Aming narinig sa kautusan na ang Kristo ay lumalagi magpakailanman: at paanong sinasabi Mo, Kinakailangan na ang Anak ng tao ay mataas? sino ang Anak ng taong ito?" Sinabi nga sa kanila ni Jesus, "Kaunting panahon na lamang sasa gitna ninyo ang ilaw. Kayo'y magsilakad samantalang nasa inyo ang ilaw, upang huwag kayong abutin ng kadiliman: sapagka't ang lumalakad sa kadiliman ay hindi nalalaman kung saan [905]
siya tutungo. Samantalang nasa inyo ang ilaw, ay magsisampalataya kayo sa ilaw, upang kayo'y maging mga anak ng ilaw."

"Nguni't bagaman gumawa Siya sa harap nila ng gayong maraming mga tanda, gayunma'y hindi sila nagsisampalataya sa Kaniya." Minsa'y tinanong nila ang Tagapagligtas, "Ano nga ang Iyong gina-

gawa na pinakatanda, upang aming makita, at sampalatayanan Ka namin?" Juan 6:30. Hindi mabilang na mga tanda ang naibigay na; nguni't ipinikit nila ang kanilang mga mata at pinatigas nila ang kanilang mga puso. Ngayong ang Ama na mismo ang nagsalita, at wala na silang mahihingi pang tanda, ay ayaw pa rin nilang maniwala.

"Gayunman maging sa mga pinuno ay maraming nagsisampalataya sa Kaniya; datapwa't dahil sa mga Pariseo ay hindi nila ipinahayag Siya, baka sila'y mapalayas sa sinagoga." Inibig nila ang papuri ng mga tao at hindi ang pagsang-ayon ng Diyos. Upang maiwasan nila ang pula at pagkapahiya, ay itinatwa nila si Kristo, at tinanggihan ang alok Niyang buhay na walang-hanggan. At gaano nga karami sa buong mga dantaon sapul noon ang gumagawa ng ganito ring bagay! Sa kanila'y naaangkop ikapit ang lahat ng mga salitang nagbababala ng Tagapagligtas: "Ang umiibig sa kaniyang buhay ay mawawalan nito." "Ang nagtatakwil sa Akin," wika ni Jesus, "at hindi tumatanggap sa Aking mga pananalita, ay mayroong isang hahatol sa kaniya: ang salitang Aking sinalita, ay siyang sa kaniya'y hahatol sa huling araw." Juan 12:48.

Sa aba niyaong mga hindi nakaaalam ng panahon ng sa kanila'y pagdalaw! Marahan at malungkot na nilisan ni Kristo ang patyo ng
[906] templo.

# Kabanata 69—Sa Bundok ng mga Olibo

Ang kabanatang ito ay batay sa Mateo 24; Marcos 13; Lukas 21:5-38.

Ang mga salitang binitiwan ni Kristo sa mga saserdote at mga pinuno na, "Narito, ang inyong bahay ay iniiwan sa inyong wasak" (Mateo 23:38), ay nakasindak sa kanilang mga puso. Sinikap nilang ito'y ipagwalangbahala, subali't nanatiling umuukilkil sa kanilang mga isip ang bagay na ito dahil sa kahalagahan ng mga salitang ito. Isang di-nakikitang panganib ang nagbabanta sa kanila. Mangyayari kaya na ang dakila't marilag na templo, na siyang kaluwalhatian ng bansa, ay malapit nang maging isang bunton ng kagibaan? Nangamba rin ang mga alagad, at buong pagkabalisang naghintay sila kay Jesus ng lalo pang tiyak na pangungusap. Nang sila'y makalampas na sa templo, ay tinawag nila ang pansin Niya sa tibay at ganda ng templo. Ang mga bato ng templo ay tunay na marmol, na sakdal sa kaputian, at ang iba sa mga ito ay totoong napakalaki. Ang isang bahagi ng pader nito ay hindi naigiba ng pagsalakay ng hukbo ni Nabucodonosor. Dahil sa kabutihan ng pagkakalapat nito ay walang iniwan ito sa isang buong bato na hinukay nang buo mula sa tibagan. Kaya hindi maubos-maisip ng mga alagad kung paano nga maiguguho ang matibay na pader na yaon.

Nang ang pansin ni Kristo ay mapabaling sa karilagan ng templo, ano kaya ang sumaisip ng Isang Itinakwil! Ang tanawing nakikita [907] Niya ay tunay na maganda, nguni't malungkot Niyang sinabi, Oo nakikita Ko. Ang mga gusali ay tunay na kahanga-hanga. Itinuturo ninyo ang mga pader na ito na wari bagang hindi maigigiba; subali't pakinggan ninyo ang Aking sasabihin: Darating ang araw na "dito'y walang maiiwang isang bato sa ibabaw ng ibang bato, na hindi ibabagsak."

Ang mga salita ni Kristo ay binigkas nang naririnig ng malaking bilang ng mga tao; nguni't nang Siya'y nagiisa nang nakaupo sa Bundok ng mga Olibo, ay nagsilapit sa Kaniya sina Pedro, Juan, Santiago

at Andres. "Sabihin Mo sa amin," wika nila, "kailan mangyayari ang mga bagay na ito? at ano ang magiging tanda ng Iyong pagparito, at ng katapusan ng sanlibutan?" Hindi sinagot ni Jesus ang Kaniyang mga alagad sa pamamagitan ng magkahiwalay na paglalahad ng tungkol sa pagkagiba ng Jerusalem at ng dakilang araw ng Kaniyang pagparito. Pinagsama Niya ang paglalarawan ng dalawang pangyayaring ito. Kung binuksan Niya sa Kaniyang mga alagad ang mga mangyayari sa hinaharap na gaya ng nakikita Niya, ay hindi nila makakayang tingnan ang tanawin. Dahil sa awa Niya sa kanila ay Kaniyang pinaglakip ang paglalarawan sa dalawang malalaking krisis, at ipinaubaya sa mga alagad ang pag-aaral sa kahulugan ng mga ito. Nang tukuyin Niya ang pagkagiba ng Jerusalem, ang mala-hula Niyang mga salita ay umabot sa kabila pa ng pangyayaring yaon hanggang sa huling sunog sa araw na yaon pagka ang Panginoon ay titindig na mula sa Kaniyang dako upang parusahan ang sanlibutan sa kanilang katampalasanan, pagka inihayag na ng lupa ang kaniyang dugo, at hindi na kailanman tatakpan pa ang kaniyang mga patay. Ang buong pagpapaliwanag na ito ay ibinigay, hindi para sa mga alagad lamang, kundi para doon din naman sa mga mangabubuhay sa mga huling yugto ng kasaysayan ng lupang ito.

[908] Pagbaling sa mga alagad, ay sinabi ni Kristo, "Mangag-ingat kayo na huwag kayong mailigaw ninuman. Sapagka't marami ang magsisiparito sa Aking pangalan, na mangagsasabi, Ako ang Kristo; at ililigaw ang marami." Maraming bulaang Mesiyas ang magsisilitaw, na nagsasabing gumagawa ng mga kababalaghan, at nagpapahayag na dumating na ang araw ng pagliligtas sa bansang Hudyo. Ito ang magliligaw sa marami. Natupad ang mga salita ni Kristo. Sa pagitan ng Kaniyang pagkamatay at ng pagkubkob sa Jerusalem ay nagsilitaw ang maraming bulaang mesiyas. Nguni't ang babalang ito ay ibinigay din naman para sa mga nabubuhay sa panahong ito ng sanlibutan. Ang mga pagdarayang ginawa noong bago magiba ang Jerusalem ay ginawa na sa buong mga panahon, at gagawin pa uli.

"At mangakakarinig kayo ng mga digmaan at mga alingawngaw ng mga digmaan; ingatan ninyo na huwag kayong magulumihanan: sapagka't ang lahat ng mga bagay na ito ay kinakailangang mangyari, datapwa't hindi pa ang wakas." Noong bago nagiba ang Jerusalem, nag-agawan ang mga tao sa pagka-pangulo o pagka-dakila. Pinatay

ang mga emperdor. Ang mga ipinalalagay na kasunod na uupo sa trono ay pinatay rin. Nagkaroon ng mga digmaan at mga alingawngaw ng mga digmaan. "Ang lahat ng mga bagay na ito ay kinakailangang mangyari," sinabi ni Kristo, "datapwa't hindi pa ang wakas [ng bansang Hudyo bilang isang bansa]. Sapagka't magtitindig ang bansa laban sa bansa, at ang kaharian laban sa kaharian; at magkakagutom, at magkakasalot, at lilindol, sa iba't ibang dako. Ang lahat ng mga bagay na ito ay siyang pasimula ng mga kahirapan." Sinabi ni Kristo, Pagka nakita ng mga rabi ang mga tandang ito, sasabihin nilang ang mga ito ay siyang hatol ng Diyos sa mga bansa dahil sa pag-alipin nila sa Kaniyang bayang hinirang. Sasabihin nilang ang mga ito ay siyang tanda ng pagdating ng Mesiyas. Huwag nga kayong padaya; ang mga ito ay siyang pasimula ng Kaniyang mga hatol. Nangagsiasa ang mga tao sa kanilang mga sarili. Hindi sila [909] nangagsisisi at nangahikayat upang sila sana'y Aking napagaling. Ang sinabi nilang mga tanda ng kanilang paglaya mula sa pagkaalipin ay siyang mga tanda ng kanilang pagkapahamak.

"Kung magkagayo'y ibibigay kayo sa kapighatian, at kayo'y papatayin: at kayo'y kapopootan ng lahat ng mga bansa dahil sa Aking pangalan. At kung magkagayo'y maraming mangatitisod, at mangagkakanuluhan ang isa't isa, at mangagkakapootan ang isa't isa." Lahat ng mga ito ay binata ng mga Kristiyano. Ipinagkanulo ng mga ama at mga ina ang kanilang mga anak. Ipinagkanulo ng mga anak ang kanilang mga magulang. Isinuplong sa Sanedrin ng mga kaibigan ang kanilang mga kaibigan. Isinagawa ng mga nang-uusig ang kanilang layunin sa pamamagitan ng pagpatay kay Esteban, kay Santiago, at sa iba pang mga Kristiyano.

Sa pamamagitan ng Kaniyang mga lingkod, ay binigyan ng Diyos ang bansang Hudyo ng huling pagkakataon na makapagsisi. Inihayag Niya ang Kaniyang sarili sa pamamagitan ng Kaniyang mga saksing hinuli, nilitis, at ibinilanggo. Gayon man ay nilapatan sila ng hatol na kamatayan ng mga nagsihukom sa kanila. Sila'y mga taong ang sanlibutan ay hindi karapat-dapat sa kanila, at sa pagpatay sa kanila ay ipinakong pamuli ng mga Hudyo ang Anak ng Diyos. Ganito ring muli ang mangyayari. Maglalagda ang mga maykapangyarihan ng mga batas na mahihigpit o magbabawal sa kalayaan ng relihiyon. Aangkinin nila ang karapatan at kapangyarihang iyon ay sa Diyos lamang. Aakalain nilang kaya nilang pilitin

ang budhi, na Diyos lamang ang dapat makakontrol. Ngayon pa man ay nagpapasimula na sila; ang gawaing ito ay ipagpapatuloy nila hanggang sa maabot nila ang isang hangganang hindi nila malalampasan. Ang Diyos ay mamamagitan alang-alang sa ikabubuti ng
[910] Kaniyang tapat na bayang nagsisitupad ng mga utos.

Sa bawa't pagkakataon pagka nagaganap ang paguusig, ang mga nakakasaksi nito ay gumagawa ng mga pagpapasiya na para kay Kristo o laban sa Kaniya. Ang mga nakikiramay sa mga hinahatulan nang buong kamalian ay nagpapakilala ng kanilang pagpanig kay Kristo. Ang mga iba ay nagagalit dahil sa tuwirang nakakasalungat ng kanilang ginagawa ang mga simulain ng katotohanan. Marami naman ang nangatitisod at nangabubuwal, at nangagsisitalikod sa pananampalatayang minsa'y kanilang ipinangaral. Ang mga nagsisitalikod sa panahon ng pagsubok, upang mailigtas lamang ang kanilang mga buhay, ay magsisinungaling, at ipagkakanulo ang kanilang mga kapatid. Pinaaalalahanan na tayo ni Kristo tungkol dito, upang tayo'y huwag nang mangagtaka sa di-katutubo at malupit na hakbangin niyaong mga nagsisitanggi sa liwanag.

Binigyan ni Kristo ang Kaniyang mga alagad ng isang tanda ng pagkagibang sasapit sa Jerusalem, at sinabi Niya sa kanila kung paano sila makaliligtas: "Pagka nangakita ninyong nakukubkob ng mga hukbo ang Jerusalem, kung magkagayo'y talastasin ninyo na ang kaniyang pagkawasak ay malapit na. Kung magkagayo'y ang mga nasa Judea ay magsitakas sa mga bundok; at ang mga nasa loob ng bayan ay magsilabas; at ang mga nasa parang ay huwag magsipasok sa bayan. Sapagka't ito ang mga araw ng paghihiganti, upang maganap ang lahat ng mga bagay na nangasulat." Ibinigay ang babalang ito upang dinggin nila pagkaraan ng apatnapung taon, nang wasakin ang Jerusalem. Tinalima ng mga Kristiyano ang babala, at wala isa mang Kristiyanong namatay nang bumagsak ang lungsod.

"Magsipanalangin kayo na huwag mangyari ang pagtakas ninyo sa panahong taginaw, o sa Sabbath man," wika ni Kristo. Siya na gumawa sa Sabbath ay hindi ito pinawi, ni ipinako man ito sa krus. Ang Sabbath ay hindi niwalang-kabuluhan at hindi niwalang-
[911] saysay ng Kani- yang pagkamatay. Makaraan ang apatnapung taon pagkatapos Niyang mapako sa krus ay itinuring pa rin itong banal. Apatnapung taong idadalangin ito ng mga alagad na sana'y huwag mangyari sa araw ng Sabbath ang kanilang pagtakas.

Magbuhat sa pagkawasak ng Jerusalem, ay mabilis na lumaktaw si Kristo sa lalong dakilang pangyayari, sa kahuli-hulihang kawing sa tanikala ng kasaysayan ng lupang ito—ang pagdating ng Anak ng Diyos na nasa kamaharlikaan at kaluwalhatian. Sa pagitan ng dalawang pangyayaring ito, ay nakabukas sa paningin ni Kristo ang mahahabang dantaon ng kadiliman, mga dantaon na ang Kaniyang iglesya ay natigmak sa dugo, sa luha, at sa kapighatian. Ang mga tagpo o mga tanawing ito ay hindi makakayang tingnan ng Kaniyang mga alagad, at nilaktawan nga ito ni Jesus sa pamamagitan ng pahapyaw lamang na pagbanggit "Kung magkagayo'y magkakaroon ng malaking kapighatian," sabi Niya, "na ang gayo'y hindi pa nangyayari buhat sa pasimula ng sanlibutan hanggang ngayon, at ni hindi na mangyayari kailanman. At malibang paikliin ang mga araw na yaon, ay walang makaliligtas: datapwa't dahil sa mga hirang ay paiikliin ang mga araw na yaon." Sa loob ng mahigit na sanlibong taon ay dumating sa mga alagad ni Kristo ang isang pag-uusig na di-kailanman nakita ng sanlibutan noong una. Angaw-angaw sa mga tapat Niyang saksi ang mga pinatay. Kung hindi lamang iniunat ng Diyos ang Kaniyang kamay upang maingatan ang Kaniyang bayan, lahat sana ay napuksa. "Datapwa't dahil sa mga hirang," wika Niya, "ay paiikliin ang mga araw na yaon."

Ngayon, sa di-mapagkakamalang pangungusap, ay sinabi ng ating Panginoon ang tungkol sa Kaniyang ikalawang pagparito, at Siya'y nagbibigay ng babala tungkol sa mga panganib na mauuna sa Kaniyang pagparito sa sanlibutan. "Kung may magsabi sa inyong sinumang tao, Narito ang Kristo, o nariyan; huwag ninyong paniwalaan. Sapagka't may magsisilitaw na mga bulaang Kristo, at [912] mga bulaang propeta, at mangagpapakita ng mga dakilang tanda at mga kababalaghan; anupa't ililigaw, kung maaari, pati ng mga hirang. Narito, ipinagpauna Ko nang sinabi sa inyo. Kaya nga kung sa inyo'y kanilang sasabihin, Narito, Siya'y nasa ilang; huwag kayong magsilabas: narito, Siya'y nasa mga silid; huwag ninyong paniwalaan. Sapagka't gaya ng kidlat na kumikidlat sa silanganan, at nakikita hanggang sa kanluran; gayundin naman ang pagparito ng Anak ng tao." Bilang isa sa mga tanda ng pagkawasak ng Jerusalem, ay sinabi ni Kristo, "Magsisibangon ang maraming bulaang propeta, at kanilang ililigaw ang marami." Nangagsibangon nga ang mga bulaang propeta, at dinaya ang mga tao, at inakay sa ilang ang marami.

Nagkaroon ng mga mahiko at mga manggagaway, na nagsasabing may angkin silang kapangyarihan na gumawa ng mga kababalaghan, at inakay nila ang mga taong tumungo sa mga yungib ng kabundukan. Nguni't ang hulang ito ay sinasabi rin naman para sa mga huling araw. Ang tandang ito ay ibinibigay bilang isang tanda ng ikalawang pagparito. Ngayon pa man ay nagpapakita na ng mga tanda at mga kababalaghan ang mga bulaang kristo at mga bulaang propeta upang dayaing maakit ang Kaniyang mga alagad. Hindi ba natin naririnig ang sigaw, "Narito, Siya'y nasa ilang"? Hindi ba libu-libo ang nangagsitungo sa ilang, sa pagasang makikita roon si Kristo? At buhat sa libu-libong mga pagkakatipon ng mga taong nagsisipagpanggap na sila'y nakikipag-usap sa mga espiritu ng mga namatay ay hindi ba naririnig ngayon ang tawag na, "Narito, Siya'y nasa silid"? Ito ang ibinabalita mismo ng espiritismo. Subali't ano ang sinasabi ni Kristo? "Huwag ninyong paniwalaan. Sapagka't gaya ng kidlat na kumikidlat sa silanganan at nakikita hanggang sa kanluran; gayundin naman ang pagparito ng Anak ng tao."

[913] Nagbibigay ang Tagapagligtas ng mga tanda ng Kaniyang pagparito, at bukod pa sa rito, ay itinatakda Niya ang panahon ng paglitaw ng unang tanda: "Karaka-rakang pagkatapos ng kapighatian sa mga araw na yaon ay magdidilim ang araw, at ang buwan ay hindi magbibigay ng kaniyang liwanag, at mangalalaglag ang mga bituin mula sa langit, at magsisipangatal ang mga kapangyarihan sa mga langit: at kung magkagayo'y lilitaw ang tanda ng Anak ng tao sa langit: at kung magkagayo'y magsisitaghoy ang lahat ng mga angkan sa lupa, at mangakikita nila ang Anak ng tao na pumaparitong sumasa mga alapaap ng langit na may kapangyarihan at dakilang kaluwalhatian. At susuguin Niya ang Kaniyang mga anghel na may matinding tunog ng pakakak, at kanilang titipunin ang Kaniyang mga hinirang mula sa apat na hangin ng sanlibutan, mula sa isang dulo ng langit hanggang sa kabila."

Pagkatapos ng malaking pag-uusig ng kapapahan, sinabi ni Kristong magdidilim ang araw, at ang buwan ay hindi magbibigay ng kaniyang liwanag. Kasunod nito, ay mangalalaglag ang mga bituin sa langit. At sinabi Niya, "Sa puno ng igos nga ay pag-aralan ninyo ang kaniyang talinhaga; Pagka nananariwa ang kaniyang sanga, at sumusupling ang mga dahon, ay nalalaman ninyo na malapit na ang tag-araw: gayundin naman kayo, pagka nangakita ninyo ang lahat

ng mga bagay na ito, ay talastasin ninyo na Siya'y malapit na, nasa mga pintuan nga." Mateo 24:32, 33.

Nagbigay si Jesus ng mga tanda ng Kaniyang pagparito. Sinasabi Niyang maaaring malaman natin kung Siya'y malapit na, nasa mga pintuan nga. Sa mga nakakakita ng mga tandang ito ay sinasabi Niya, "Hindi lilipas ang lahing ito, hanggang sa mangaganap ang lahat ng mga bagay na ito." Nangagsilitaw na ang mga tandang ito. Ngayo'y nalalaman na nating tunay na malapit na ang pagdating ng Panginoon. "Ang langit at ang lupa ay lilipas," sabi Niya, "datapwa't [914]
ang Aking mga salita ay hindi lilipas."

Si Kristo ay pariritong nasa mga alapaap at may dakilang kaluwalhatian. Isang karamihan ng nangagliliwanag na mga anghel ang sasama sa Kaniya. Paririto Siya upang buhayin ang mga patay, at upang baguhin ang mga nabubuhay na banal mula sa kaluwalhatian hanggang sa kaluwalhatian. Paririto Siya upang parangalan ang mga nagsiibig sa Kaniya, at mga nagsitupad ng Kaniyang mga utos, at upang ipagsama sila sa Kaniya rin. Hindi Niya nalilimutan sila ni ang Kaniya mang pangako. Muling magkakasama-sama ang mga pami-pamilya. Pagka tinitingnan natin ang ating mga namatay, ay maaari na ting isipin ang umagang yaon pagka hihipan na ang pakakak ng Diyos, pagka "ang mga patay ay mabubuhay ng mag-uli na walang-kasiraan, at tayo'y babaguhin." 1 Corinto 15:52. Kaunti na lamang panahon, at makikita na natin ang Hari sa Kaniyang kagandahan. Kaunti na lamang panahon, at papahirin Niya ang lahat ng mga luha sa ating mga mata. Kaunti na lamang panahon, at ihaharap Niya tayong "walang-kapintasan na may malaking galak sa harapan ng Kaniyang kaluwalhatian." Judas 24. Kaya nga, nang ibigay Niya ang mga tanda ng Kaniyang pagparito ay sinabi Niya, "Kung magpasimulang mangya ri ang mga bagay na ito, ay magsitingin nga kayo, at itaas ninyo ang inyong mga uio; sapagka't malapit na ang pagkatubos ninyo."

Datapwa't ang araw at oras ng Kaniyang pagparito ay hindi inihayag ni Kristo. Malinaw Niyang sinabi sa Kaniyang mga alagad na Siya man ay hindi makapaghahayag ng araw at oras ng Kaniyang ikalawang pagpapakita. Kung malaya Siyang makapaghahayag nito, bakit pa nga Niya kakailanganing sila'y pagpayuhan na laging sila'y magsihanda? May mga taong nagsasabing alam nila ang araw at oras ng pagpapakita ng ating Panginoon. Masigasig sila sa pagsasabi

[915] ng tungkol sa hinaharap. Nguni't binabalaan sila ng Panginoon sa ginagawa nilang batayan. Ang tiyak na panahon ng ikalawang pagparito ng Anak ng tao ay isang hiwaga ng Diyos.

Nagpatuloy si Kristo, na dinadaliri ang magiging kalagayan ng sanlibutan sa panahon ng Kaniyang pagdating: "Kung paano ang mga araw ni Noe, gayundin naman ang pagparito ng Anak ng tao. Sapagka't gaya ng mga araw na bago nagkagunaw, sila'y nagsisikain at nagsisiinom, nangag-aasawa at pinapag-aasawa, hanggang sa araw na pumasok si Noe sa daong, at hindi nila nalalaman hanggang sa dumating ang paggunaw, at sila'y tinangay na lahat; gayundin naman ang pagparito ng Anak ng tao." Dito'y walang sinasabi si Kristo na sanlibong taong kapayapaan sa lupa, sanlibong taong ang lahat ng tao ay makapaghahanda para sa walang-hanggan. Sinasabi Niya sa atin na kung paano sa kaarawan ni Noe, ay gayundin ang magiging kalagayan sa muling pagparito ng Anak ng tao.

Ano ba ang kalagayan noong panahon ni Noe? "Nakita ng Panginoon na mabigat ang kasamaan ng tao sa lupa, at ang buong haka ng mga pag-iisip ng kaniyang puso ay pawang masama na lamang parati." Genesis 6:5. Ang mga tao ng sanlibutan noong bago nagkagunaw ay nagsitalikod kay Jehoba, at nagsitangging gumanap ng Kaniyang banal na kalooban. Sinunod nila ang sarili nilang likong haka at mga makasalanang pita ng isipan. Dahil sa kanilang katampalasanan kaya sila nilipol; at ganyan din ang ginagawa ngayon ng sanlibutan. Hindi ito ang mga tanda ng sanlibong taong kaluwalhatian. Ang mga mananalansang sa kautusan ng Diyos ay siyang pumupuno sa lupa ng katampalasanan. Ang kanilang mga pagpupustahan, ang kanilang mga karera ng kabayo, ang kanilang mga pagsusugal, ang kanilang pagwawaldas, ang kanilang pagpapakagumon sa masasamang pita ng kahalayan, ang kanilang di-mapigil na kamunduhan, ay siyang mabilis na pumupuno sa sanlibutan ng
[916] karahasan.

Sa hula ni Kristo tungkol sa pagkawasak ng Jerusalem ay sinabi Niya, "Dahil sa pagsagana ng katampalasanan, ang pag-ibig ng marami ay lalamig. Datapwa't ang magtiis hanggang sa wakas, ay siyang maliligtas. At ipangangaral ang ebanghelyong ito ng kaharian sa buong sanlibutan sa pagpapatotoo sa lahat ng mga bansa; at kung magkagayo'y darating ang wakas." Ang hulang ito ay muling matutupad. Ang masaganang katampalasanan nang panahong yaon

ay nakakawangis din ng sa panahong ito. Gayundin naman sa hulang tumutukoy sa pangangaral ng ebanghelyo. Bago nagiba ang Jerusalem, sa udyok ng Espiritu Santo ay ipinahayag ni Pablo na ipangaral ang ebanghelyo sa "lahat ng mga nilalang sa silong ng langit." Colosas 1:23. Kaya ngayon, bago dumating ang Anak ng tao, ang walang-hanggang ebanghelyo ay ipangangaral "sa bawa't bansa, at angkan, at wika, at bayan." Apocalipsis 14:6, 14. Ang Diyos ay "nagtakda ng isang araw, na Kaniyang ipaghuhukom sa sanlibutan." Mga Gawa 17:31. Sinasabi sa atin ni Kristo kung kailan darating ang araw na yaon. Hindi Niya sinasabing ang buong sanlibutan ay mahihikayat, kundi "ang ebanghelyong ito ng kaharian ay ipangangaral sa buong sanlibutan sa pagpapatotoo sa lahat ng mga bansa; at kung magkagayo'y darating ang wakas." Sa pangangaral natin ng ebanghelyo sa sanlibutan ay pinadadali natin ang pagbabalik ng ating Panginoon. Hindi lamang natin dapat hintayin at pakanasain ang pagdating ng kaarawan ng Diyos kundi dapat din nating papagmadaliin. 2 Pedro 3:12. Kung ginanap lamang ng iglesya ni Kristo ang gawaing itinakda sa kaniya ng Panginoon, sana'y nababalaan na ang buong sanlibutan, at sana'y nakaparito na rin sa lupa ang Panginoong Jesus na nasa kapangyarihan at dakilang kaluwalhatian.

Nang masabi na ni Kristo ang mga tanda ng Kaniyang pagparito, ay idinugtong Niya, "Pagka nangakita ninyong nangyari ang mga bagay na ito, talastasin ninyo na malapit na ang kaharian ng [917]
Diyos." "Kayo'y mangagingat, mangagpuyat at magsipanalangin." Lagi nang binibigyan ng Diyos ng babala ang mga tao tungkol sa dumarating na mga kahatulan. Ang mga nagsisisampalataya sa Kaniyang pabalita noong panahon nila, at nagsakabuhayan ng kanilang pananampalataya, bilang pagtalima sa Kaniyang mga utos, ay nakaligtas sa mga kahatulan o kaparusahang sumapit sa mga masuwayin at mga di-sumasampalataya. Ang salita ay dumating kay Noe, "Lumulan ka at ang iyong buong sambahayan sa sasakyan; sapagka't ikaw ay Aking nakitang matwid sa harap Ko." Tumalima si Noe at naligtas. Dumating ang pasabi kay Lot, "Magtindig kayo, magsialis kayo sa dakong ito; sapagka't gugunawin ng Panginoon ang bayang ito." Genesis 7:1; 19:14. Ipinagkatiwala ni Lot ang kaniyang sarili sa pag-iingat ng mga sugong tagalangit, at siya'y naligtas. Gayundin binigyan ni Kristo ng babala ang Kaniyang mga alagad tungkol sa pagkawasak ng Jerusalem. Lahat ng nag-

abang ng tanda ng dumarating na kagibaan, at tumakas sa lungsod, ay nangaligtas sa kapahamakan. Gayundin naman ngayon tayo'y binibigyan ng babala tungkol sa ikalawang pagdating ni Kristo at tungkol sa kawasakang sasapit sa sanlibutan. Lahat ng makikinig sa babala ay maliligtas.

Sapagka't hindi natin alam ang tiyak na oras o panahon ng Kaniyang pagparito, inuutusan tayong magpuyat. "Mapapalad yaong mga alipin na kung dumating ang Panginoon ay maratnang nangagpupuyat." Lukas 12: 37. Yaong mga nagpupuyat sa pagdating ng Panginoon ay hindi nagsisipaghintay nang walang ginagawa. Ang pagasang dumarating si Kristo ay nagsisilid ng takot sa Panginoon, at ang takot sa Kaniyang mga kahatulan upang huwag silang magsisalansang. Ito ang gumigising sa kanila upang madama nila na malaking kasalanan ang tumanggi sa Kaniyang iniaalok na kahabagan. Ang mga nagpupuyat sa paghihintay sa Panginoon ay
[918] nagsisipaglinis ng kanilang mga kaluluwa sa pamamagitan ng pagtalima sa katotohanan. Sinasamahan nila ng masikap na paggawa ang matamang pagpupuyat. Sapagka't nalalaman nilang ang Panginoon ay nasa pintuan na, ay nabubuhay ang kanilang kasigasigan sa pakikipagtulungan sa mga anghel ng Diyos sa paggawa para sa ikaliligtas ng mga kaluluwa. Ito ang mga tapat at matatalinong alipin na nagbigay sa sambahayan ng Pnginoon ng "kanilang bahagi na pagkain sa kapanahunan." Lukas 12:42. Ibinabalita nila ang katotohanang tangi nang nauukol sa panahong kasalukuyan. Kung paanong si Enoc, si Abraham, at si Moises ay nagsipagbalita ng katotohanang nauukol sa kanilang panahon, gayundin naman ang mga lingkod ni Kristo ngayon ay magbibigay ng tanging babalang nauukol sa kanilang kapanahunan.

Nguni't may isa pang uring ipinatatanaw si Kristo: "Kung ang masamang aliping yaon ay magsabi sa kaniyang puso, Magtatagal ang aking panginoon; at magsimulang bugbugin ang kaniyang mga kapwa alipin, at makipagkainan at makipag-inuman sa mga lasing; darating ang panginoon ng aliping yaon sa araw na hindi niya hinihintay."

Sinabi ng masamang alipin sa kaniyang puso, "Magtatagal ang aking panginoon." Hindi niya sinasabing si Kristo'y hindi darating. Hindi niya hinahamak ang pani niwala sa Kaniyang ikalawang pagparito. Subali't sa kaniyang puso at sa kaniyang mga gawa at

salita ay sinasabi niyang magtatagal o magluluwat ang pagdating ng Panginoon. Pinapawi niya sa isip ng mga iba ang paniniwala na ang Panginoon ay dumarating nang madali. Ang kaniyang impluwensiya ay umaakay sa mga tao na magpakalabis at magwalang-ingat. Sila'y mga gumon na sa pagkamakasanlibutan at pagwawalang-bahala, mga hangaring makalupa, at masasamang haka, ang pumupuno sa pag-iisip. Ang masamang alipin ay nakikipagkainan at nakikipag-inuman sa mga lasing, at nakikipagkaisa sa sanlibutan sa paghanap [919] ng kalayawan. Binubugbog niya ang kaniyang mga kapwa alipin, at pinararatangan at hinahatulan yaong mga nagtatapat sa kanilang Panginoon. Nakikisalamuha siya sa sanlibutan. Ang katulad ay lumalaking kasama ng katulad sa gawang pag salansang. Ito'y isang kakila-kilabot. na pakikisama. Nasisilo siyang kasama ng sanlibutan. "Darating ang panginoon ng aliping yaon ... sa oras na hindi niya nala laman, at siya'y babaakin, at isasama ang kaniyang bahagi sa mga mapagpaimbabaw."

"Kaya't kung hindi ka magpupuyat, ay paririyan Akong gaya ng magnanakaw, at hindi mo malalaman kung anong panahon paririyan Ako sa iyo." Apokalipsis 3:3. Ang pagparito ni Kristo ay siyang gugulat sa mga bulaang tagapagturo. Sinasabi nila, "Kapayapaan at katiwasayan." Katulad ng mga saserdote at mga guro noong bago bumagsak ang Jerusalem, sila'y nagsiasang ang iglesya ay magtatamasa ng makalupang kasaganaan at kaluwalhatian. Ipinaliwanag nila na ang mga tanda ng panahon ay nagpapakilala ng ganitong kasaganaan. Subali't ano ang sinasabi ng Kinasihang pangungusap? "Darating sa kanila ang biglang pagkawasak." 1 Tesalonica 5:3. Sa lahat ng tumatahan sa ibabaw ng balat ng lupa, sa lahat ng nagsisikap na ang sanlibutang ito ay gawin nilang tahanan, ang kaarawan ng Diyos ay darating na gaya ng silo. Darating ito sa kanila na gaya ng isang nanunubok na magnanakaw.

Ang sanlibutang puno ng kaguluhan, puno ng walangDiyos na kalayawan, ay nahihimbing, nahihimbing sa katiwasayang ukol sa laman. Pinatatagal na lubha ng mga tao ang pagdating ng Panginoon. Pinagtatawanan nila ang mga babala. Ang palalong paghahambog ay ginagawa, "Nanganatili ang lahat ng mga bagay na gaya ng kalagayan nila mula nang pasimulan ang paglalang." "Bukas ay magiging gaya ng araw na ito, at higit pang masagana." 2 Pedro 3:4; Isaias 56:12. Magpapakagumon pa kami sa pag-ibig sa kalayawan. [920]

Subali't sinasabi ni Kristo, "Narito, Ako'y pumaparitong gaya ng magnanakaw." Apocalipsis 16:15. Sa panahong iyon mismo na ang sanlibutan ay may paglibak na nagtatanong, "Saan naroon ang pangako ng Kaniyang pagparito?" ay kasalukuyang natutupad naman ang mga tanda. Samantalang sila'y sumisigaw ng, "Kapayapaan at katiwasayan," dumarating naman ang biglang pagkawasak o pagkapahamak. Pagka nagpapakalabis na ang manlilibak at ang tumatanggi sa katotohanan; pagka ang sari-saring hanay ng hanapbuhay na pagkakakuwartahan ay isinasagawa na nang walang-pasintabi o walang-pagpapahalaga sa simulain; pagka ang nag-aaral ay buong kasabikang naghahanap ng karunungan ng lahat ng bagay maliban sa kaniyang Bibliya, saka darating si Kristo na gaya ng isang magnanakaw.

Lahat ng bagay sa sanlibutan ay nasa kaligaligan. Ang mga tanda ng panahon ay nagbabadya ng kasamaan. Narito na ang anino ng mga dumarating na pangyayari. Ang Espiritu ng Diyos ay binabawi na sa lupa, at sunod-sunod na kasakunaan ang nangyayari sa dagat at sa lupa. Nariyan ang mga bagyo, mga lindol, mga sunog, mga baha, at lahat ng uri ng mga pagpatay. Sino ang makababasa ng dumarating? Nasaan ang katiwasayan? Walang kapanatagang masusumpungan sa bagay na pantao o panlupa. Mabilis na nagkakampi-kampi ang mga tao sa ilalim ng watawat na kanilang napili. Hindi sila mapalagay sa kanilang paghihintay at pag-aabang ng mga ikikilos ng kanilang mga pinuno. Nariyan din naman ang mga taong naghihintay at nagpupuyat at gumagawa para sa pagpapakita ng ating Panginoon. Ang isa pang uri ay nagtitipun-tipon sa ilalim ng pamumuno ng dakila't kaunaunahang tumalikod. Iilan ang buong puso at kaluluwang naniniwala na mayroong isang impiyernong dapat nating iwasan at isang langit na dapat makamtan.

[921] Ang krisis ay unti-unti nang nalalapit sa atin. Ang araw ay nagliliwanag sa mga langit, na dumaraang gaya ng karaniwan nitong pagligid, at ang mga langit ay naghahayag pa rin ng kaluwalhatian ng Diyos. Ang mga tao ay nananatili pa ring kumakain at umiinom, nagtatanim at nagtatayo ng bahay, nag-aasawa, at pinapagaasawa. Ang mga mangangalakal ay patuloy pa ring bumibili at nagbibili. Ang mga tao ay nag-uunahan sa isa't isa, at nagpapaligsahan para sa pinakamataas na tungkulin. Ang mga maibigin sa kalayawan ay patuloy pa ring nagsisiksikan sa mga teatro, sa mga karerahan, at

sa mga sugalan. Namamayani ang pinakamasasarap na kasayahan, gayunma'y matulin namang natatapos ang palugit na panahon, at ang bawa't usapin ng tao ay malapit nang pasiyahan. Nakikita ni Satanas na maigsi na ang kaniyang panahon. Pinakikilos na niya ang lahat niyang mga anghel upang ang mga tao ay madaya, mahibuan, malibang at malulong, hanggang sa matapos ang palugit na panahon, at ang pintuan ng awa ay masarhan na magpakailanman.

Buong kasolemnehang dumarating sa atin sa buong mga dantaon ang nagbababalang pangungusap ng ating Panginoon mula sa Bundok ng mga Olibo: "Mangag-ingat kayo sa inyong sarili, baka mangalugmok ang inyong mga puso sa katakawan, at sa kalasingan, at sa mga pagsusumakit ukol sa buhay na ito, at dumating na bigla sa inyo ang araw na yaon na gaya ng silo." "Mangagpuyat nga kayo, at mangagsipanalanging lagi, upang maging karapat-dapat kayo na makatakas sa lahat ng mga bagay na ito na mangyayari, at upang mangakatayo kayo sa harapan ng Anak ng tao." [922]

# Kabanata 70—“Ang Pinakamaliit sa Aking mga Kapatid”

Ang kabanatang ito ay batay sa Maleo 25:31-46.

“Pagparito ng Anak ng tao na nasa Kaniyang kaluwalhatian, na kasama Niya ang lahat ng mga anghel, kung magkagayo’y luluklok Siya sa luklukan ng Kaniyang kaluwalhatian: at titipunin sa harap Niya ang lahat ng mga bansa: at sila’y pagbubukdin-bukdin Niya.” Ganito inilarawan ni Kristo sa Kaniyang mga alagad doon sa Bundok ng mga Olibo ang tanawin ng dakilang araw ng paghuhukom. At ipinakilala Niya na ang pasiyang ito ay nababatay sa isang bagay. Pagka ang mga bansa ay natipon na sa harap Niya, magkakaroon lamang ng dalawang uri ng tao, at ang walang-hanggang kahihinatnan nila ay papasiyahan batay sa ginawa nila o kinaligtaan nilang gawin para sa Kaniya sa katauhan ng mga dukha at mga nahihirapan.

Sa araw na yaon ay hindi na inihaharap ni Kristo sa mga tao ang dakilang gawaing ginawa Niya para sa kanila sa pagkakapagbigay Niya ng Kaniyang buhay upang sila’y matubos. Ang inihaharap Niya ay ang matapat na gawaing ginawa nila para sa Kaniya. Sa mga inilalagay Niya sa Kaniyang kanan ay sasabihin Niya, “Magsiparito kayo, mga pinagpala ng Aking Ama, manahin ninyo ang kahariang
[923] nakahanda sa inyo buhat nang itatag ang sanlibutan: sapagka’t Ako’y nagutom, at Ako’y inyong pinakain; Ako’y nauhaw, at Ako’y inyong pinainom; Ako’y naging tagaibang-bayan, at inyo Akong pinatuloy; naging hubad, at inyo Akong pinaramtan; Ako’y nagkasakit, at inyo Akong dinalaw; Ako’y nabilanggo, at inyo Akong pinaroonan.” Nguni’t ang mga pinararangalan ni Kristo ay walang nalalamang ipinaglingkod nila sa Kaniya. Sa kanilang mga pagtatanong ay sumagot Siya, “Yamang inyong ginawa sa isa dito sa Aking mga kapatid kahit sa pinakamaliit na ito, ay sa Akin ninyo ginawa.”

Sinabi ni Jesus sa Kaniyang mga alagad na sila’y kapopootan ng lahat ng mga tao, pag-uusigin at dadalamhatiin. Marami ang palalayasin sa kanilang mga tahanan, at papaghihirapin. Marami

ang mapapasa kapighatian dahil sa sakit at pagsasalat. Marami ang ibibilanggo. Sa lahat ng mga nag-iwan ng mga kaibigan o ng tahanan alang-alang sa Kaniya ay pinangakuan Niya sa buhay na ito ng makasandaang higit. Ngayon naman ay tinitiyak Niya ang isang tanging pagpapala sa lahat ng maglilingkod sa kanilang mga kapatid. Lahat ng nagtitiis dahil sa Aking pangalan, wika ni Jesus, ay inyong kikilalaning Ako sila. Kung paanong Ako'y nais ninyong paglingkuran, gayundin ninyo sila dapat paglingkuran. Ito ang katunayan na kayo'y Aking mga alagad.

Lahat ng mga inianak sa sambahayan ng langit ay mga kapatid ng ating Panginoon sa isang tanging diwa. Binibigkis ng pag-ibig ni Kristo ang mga kaanib ng Kaniyang sambahayan, at saanman nakikita ang pag-ibig na iyan, ay doon nahahayag ang banal na pagkakapatiran. "Ang bawa't umiibig ay ipinanganak ng Diyos, at nakakakilala sa Diyos." 1 Juan 4:7,

Yaong mga pinapupurihan ni Kristo sa paghuhukom ay maaaring may kaunting nalalaman tungkol sa teolohiya nguni't minahal nila ang Kaniyang mga simulain. Sa pamamagitan ng impluwensiya ng Espiritu ng Diyos ay sila'y naging isang pagpapala sa mga nasa palibot nila. Maging sa gitna ng mga Hentil ay mayroong mga taong [924]
may diwa ng kagandahang-loob; bago pa man umabot sa kanilang mga pakinig ang mga salita ng buhay, ay kinaibigan na nila ang mga misyonero, at isinasapanganib pa ang buhay nila sa paglilingkod sa kanila. Sa gitna ng mga Hentil o mga pagano ay mayroong mga sumasamba sa Diyos nang buong kawalang-malay, yaong mga hindi inabot kailanman ng liwanag sa pamamagitan ng mga taong kinakasangkapan, gayon pa man ay hindi sila mapapahamak. Hindi man nila nalalaman ang nasusulat na kautusan ng Diyos, ay narinig naman nila ang tinig Niya na nagsasalita sa kanila sa pamamagitan ng katalagahan, at ginawa nila ang mga bagay na hinihingi ng kautusan. Ang mga gawa nila ay katunayari na kinilos ng Espiritu Santo ang kanilang mga puso, at sila'y kinikilalang mga anak ng Diyos.

Kaylaki nga ng ipagtataka at ikaliligaya ng mga mapagpakumbabang-puso na nasa gitna ng mga bansa, at ng nasa gitna ng mga Hentil o mga pagano, kung marinig nila sa mga labi ng Tagapagligtas ang pangungusap na, "Yamang inyong ginawa sa isa dito sa Aking mga kapatid kahit sa pinakamaliit na ito, ay sa Akin ninyo ginawa"! Gaano nga kalaking kaligayahan ang mapapasapuso ng

Walang-hanggang Diyos pagka ang Kaniyang mga tagasunod ay mapatingalang taglay ang pagkakamangha at kagalakan sa mga salita Niya ng pagsang-ayon.

Datapwa't ang pag-ibig ni Kristo ay hindi iniuukol sa iisang uri lamang ng mga tao. Nakikisama Siya sa bawa't anak ng tao. Upang tayo'y maging mga kaanib ng sambahayan sa langit, Siya muna ay nakianib sa sambahayan sa lupa. Siya ang Anak ng tao, at kaya nga Siya ay kapatid ng bawa't anak na lalaki at anak na babae ni Adan. Hindi dapat madama ng mga sumusunod sa Kaniya na sila'y nakabukod o nakahiwalay sa mapapahamak na sanlibutang nasa pal-
[925] ibot nila. Sila ay isang bahagi ng malaking bunton ng sangkatauhan; at ang tingin sa kanila ng Langit ay sila'y mga kapatid ng mga makasalanan at gayundin ng mga banal. Ang mga nangadarapa, mga nangagkakamali, at ang nangagkakasala, ay niyayakap ng pag-ibig ni Kristo; at ang bawa't gawa ng kagandahang-loob na ginagawa upang maitaas o maibangon ang isang kaluluwang nadapa o nabuwal, at ang bawa't gawang kahabagan, ay tinatanggap na parang sa Kaniya ginawa.

Ang mga anghel sa langit ay isinugo upang maglingkod sa mga magsisipagmana ng kaligtasan. Hindi pa natin nakikilala ngayon kung sinu-sino sila; hindi pa nahahayag kung sinu-sino ang mananagumpay, at kung sinusino ang magkakaroon ng bahagi sa mamanahin ng mga banal sa liwanag; subali't ang mga anghel sa langit ay nangagpaparoo't parito sa hinaba-haba at niluwang-luwang ng lupa, na pinagsisikapang aliwin ang mga nangalulungkot, ipagsanggalang ang mga nasa panganib, at hikayatin kay Kristo ang mga puso ng mga tao. Wala isa mang kinaliligtaan o nilalampasan. Ang Diyos ay hindi nagtatangi ng mga tao, at pare-pareho Niyang iniingatan ang lahat ng mga kaluluwang Kaniyang nilikha.

Sa pagbubukas ninyo ng inyong pinto sa mga nangangailangan at nangaghihirap, ay pinatutuloy ninyo't tinatanggap ang di-nakikitang mga anghel. Inyong inaanyayahan ang pakikisama ng mga kinapal na taga-Langit. Naghahatid sila ng banal na simoy ng kagalakan at kapayapaan. Sila'y lumalapit na taglay ang mga papuri sa kanilang mga labi, at napapakinggan naman sa langit ang tumutugong himig ng pagpupuri. Bawa't gawang kahabagan ay nagiging awit o tugtugin doon. Ang mga manggagawang di-naglilingkod sa kanilang mga

sarili ay itinuturing ng Amang nasa Kaniyang luklukan na kabilang sa Kaniyang pinakamahahalagang kayamanan. [926]

Yaong mga nasa gawing kaliwa ni Kristo, yaong mga kumaligta o nagpabaya sa Kaniya sa katauhan ng mga dukha at mga naghihirap, ay walang-kaalam-alam na sila'y nangagkasala. Binulag sila ni Satanas; hindi nila napag-unawa kung ano ang naging utang nila sa kanilang mga kapatid. Lubha silang naging mga makasarili, at hindi nila pinansin ang mga pangangailangan ng mga iba.

Ang mga mayayaman ay pinagkalooban ng Diyos ng kayamanan upang mapaginhawa at mabigyang-kaluwagan ang mga naghihirap Niyang mga anak; subali't madalas na ipinagwawalang-bahala nila ang mga pangangailangan ng mga iba. Itinuturing nilang sila'y matataas kaysa kanilang mga dukhang kapatid. Hindi nila nauunawaan ang mga tukso at mga pakikipagpunyaging dinaranas ng mga maralita, at namamatay ang habag sa kanilang mga puso. Sa magagarang tahanan at naggagandahang mga simbahan, ay nagsisipagkulong ang mga mayayaman upang hindi sila malapitan ng mga mahihirap; ang mga salaping ibinigay ng Diyos upang ipagpala sa mga nangangailangan ay ginugugol sa pagpapakabuyo sa kapalaluan at kasakiman. Araw-araw ay ninanakawan nila ang mga dukha ng kaalamang dapat mapasakanila tungkol sa malumanay na mga kahabagan ng Diyos; sapagka't gumawa Siya ng sapat na paglalaan upang magkaroon sila ng sapat na kaluwagan sa kanilang mga pangangailangan sa buhay. Napipilitan silang madama ang kahirapang gumigipit sa buhay, at malimit na sila'y natutuksong managhili, mainggit, at mapuno ng masasamang haka laban sa kapwa. Yaong mga hindi dumaranas ng kahirapan ay madalas na humahamak sa mga maralita, at ipinadadama nila sa mga ito na sila'y itinuturing na mga pulubi.

Nguni't nakikita ni Kristo ang lahat, at sinasabi Niya, Ako ang siyang nagutom at nauhaw. Ako ang siyang naging tagaibang-lupa. Ako ang siyang nagkasakit. Ako ang siyang nabilanggo. Samantalang kayo ay nagsasaya sa masagana ninyong hapag ng pagkain, Ako [927]
nama'y sinisibasib ng pagkagutom sa maliit na kubo o sa hungkag na lansangan. Samantalang kayo'y nagiginhawahan sa inyong maharlikang tahanan, Ako naman ay walang mapaglagyan ng Aking ulo. Sama'ntalang sinisiksik ninyo sa nagmamahalang mga damit ang inyong mga aparador, Ako nama'y walang maisuot. Samanta-

lang kayo'y nasa inyong mga kalayawan at mga paglilibang, Ako nama'y nanghihina sa bilangguan.

Nang mag-abot kayo ng kaunting tinapay sa dukhang nagugutom, nang magbigay kayo ng mga lumang damit upang maipananggol nila sa nakapangangaligkig na lamig ng tagginaw, naalaala ba ninyong kayo'y nagbigay sa Panginoon ng kaluwalhatian? Lahat ng mga araw ng inyong buhay ay naging kalapit ninyo Ako sa katauhan ng mga naghihirap na ito, nguni't hindi ninyo Ako hinanap. Ayaw ninyong pumasok sa pakikisama sa Akin. Hindi Ko kayo nangakikilala.

Marami ang nag-aakalang isang malaking karapatan ang makadalaw sila sa mga pook na pinamuhayan ni Kristo dito sa lupa, ang lumakad sa Kaniyang nilakaran, ang magmalas sa tabi ng dagat na sa tabi niyon kinagiliwan Niyang magturo, at sa mga bundok at mga kapatagan na napakadalas Niyang pagpakuan ng paningin. Subali't hindi na natin kailangang tumungo pa sa Nazareth, sa Capernaum, o sa Betanya, upang makalalakad sa mga hakbang ni Jesus. Makikita natin ang Kaniyang mga bakas ng paa sa tabi ng mga maysakit, sa mga dampa ng mahihirap, sa mga siksikang pook ng malaking lungsod, at sa bawa't lugar na kinaroroonan ng mga taong ang mga puso'y nangangailangan ng kaaliwan. Sa paggawa natin ng gaya ng ginawa ni Jesus nang Siya'y narito sa lupa, ay makalalakad tayo sa Kaniyang mga hakbang.

Lahat ay makakasumpong ng bagay na magagawa nila. "Ang
[928] mga dukha ay laging nasa inyo" (Juan 12:8), wika ni Jesus, at walang sinumang makapag-aakala na wala na siyang dakong mapaglilingkuran para sa Kaniya. Angaw-angaw na mga taong nabibingit sa kamatayan, na gapos ng mga tanikala ng kasalanan at kawalang-nalalaman, ay hindi man lamang nakakarinig ng tungkol sa pag-ibig ni Kristo sa kanila. Kung tayo ang nasa kanilang kalagayan, ano kaya ang nanaisin nating gawin nila sa atin? Ang lahat nang ito, alinsunod sa ating buong makakaya, ay tungkulin nating gawin sa kanila. Ang tuntunin ng buhay ni Kristo, na siyang tatayuan o kahuhulugan ng bawa't isa sa atin sa paghuhukom, ay, "Lahat ng mga bagay na ibig ninyong sa inyo'y gawin ng mga tao, gawin naman ninyo ang gayon sa kanila." Mateo 7:12.

Ibinigay ng Tagapagligtas ang Kaniyang mahal na buhay upang makapagtatag ng isang iglesyang may kakayahang makapangalaga

o makapag-asikaso sa mga kaluluwang natutukso at nalulumbay. Ang isang pulutong ng mga sumasampalataya ay maaaring mga maralita, dinagsisipag-aral, at di-kilala; nguni't sa pangalan ni Kristo ay makagagawa sila sa mga tahanan, sa pamayanang kinaroroonan, sa iglesya, at maging sa "mga pook na nasa dako roon," na ang mga ibubunga ay magiging kasinlawak na gaya ng walang-hanggan.

Dahil sa ang gawaing ito ay kinaliligtaan kung kaya lubhang maraming mga kabataang alagad ang di-kailanman sumusulong nang lampas sa abakada ng karanasang Kristiyano. Ang liwanag na nag-alab sa kanilang mga puso nang sabihin ni Jesus sa kanila, "Ipinatawad ang iyong mga kasalanan," ay napamalagi sana nilang nagniningas sa pamamagitan ng pagtulong sa mga nasa pangangailangan. Ang nagpipiglas na lakas na kalimita'y pinagbubuhatan ng panganib sa mga kabataan ay maaaring maakay o maitunton sa mga daan na magiging mga agos ng pagpapala. Malilimutan ang sarili pagka masikap ang paggawa ng mabuti sa iba. [929]

Ang mga naglilingkod sa iba ay paglilingkuran naman ng Pangulong Pastor. Sila na rin ay magsisiinom sa tubig ng buhay at mangasisiyahan. Hindi nila nanasain ang mga kasayahang gumigimbal ng damdamin, o ang anumang pagbabago o pag-iiba sa kanilang mga buhay. Ang magiging dakilang paksang kawiwilihan, ay kung paano maililigtas ang mga kaluluwang malapit nang mapahamak. Ang pakikipag-ugnay na panlipunan ay magiging kapaki-pakinabang. Ang pag-ibig ng Manunubos ay siyang bibigkis sa lahat ng mga puso sa pagkakaisa.

Pagka napagtanto natin na tayo'y mga manggagawang kasama ng Diyos, ay hindi natin bibigkasin ang Kaniyang mga pangako nang may pagwawalang-bahala. Bagkus mag-aalab ito sa ating mga puso at magdiringas sa ating mga labi. Nang tawagin si Moises upang maglingkod sa isang bayang walang-nalalaman, walang-disiplina, at mapaghimagsik, ay nangako ang Diyos, "Ako'y sasaiyo, at ikaw ay Aking bibigyan ng kapahingahan." At sinabi Niya, "Tunay na Ako'y sasaiyo." Exodo 33:14; 3:12. Ang pangakong ito ay para din sa lahat ng naglilingkod sa lugar ni Kristo para sa mga nagdadalamhati at naghihirap.

Ang pag-ibig sa tao ay makalupang pagpapakita ng pag-ibig sa Diyos. Upang maitanim ang pag-ibig na ito, at upang tayo'y maging mga anak ng iisang sambahayan, kaya ang Hari ng kaluwalhatian

ay naging isa sa atin. At kung tinutupad natin ang Kaniyang namamaalam na pangungusap, "Kayo'y mangag-ibigan sa isa't isa, na gaya ng pag-ibig Ko sa inyo" (Juan 15:12); kung iniibig natin ang sanlibutang gaya naman ng pag-ibig Niya rito, natutupad nga sa atin ang Kaniyang misyon. Naaangkop na tayo sa langit; sapagka't ang langit ay nasa ating mga puso.

Datapwa't "kung umurong kang iligtas sila na nangadadala sa kamatayan, at ang mga handang papatayin; kung iyong sinasabi,
[930] Narito, hindi kami nakakaalam nito; hindi ba Niya binubulay na tumitimbang ng mga puso? at Siyang nag-ingat ng iyong kaluluwa, hindi ba Niya nalalaman? at hindi ba Niya gagantihan ang bawa't tao ayon sa mga gawa niya?" Mga Kawikaan 24:11, 12. Sa dakilang araw ng paghuhukom, yaong mga hindi naglingkod kay Kristo, na ang mga isip ay yaong mga bagay na para sa kanilang mga sarili, at ang inasikaso ay ang sa ganang mga sarili lamang, ay ilalagay ng dakilang Hukom ng buong lupa sa panig ng mga nagsigawa ng masama. Tatanggap sila ng gayunding hatol.

Sa bawa't kaluluwa ay may ipinagkatiwala. Sa bawa't isa ay ganito ang itatanong ng Pangulong Pastor, "Saan nandoon ang kawan na nabigay sa iyo, ang inyong magandang kawan?" At "ano ang
[931] iyong gagawin pagka pinarusahan ka Niya?" Jeremias 13:20, 21.

# Kabanata 71—Isang Alipin ng mga Alipin

Ang kabanatang ito ay batay sa Lukas 22:7-18, 24; Juan 13:1-17.

Sa itaas na silid ng isang tahanan sa Jerusalem, nakaupo si Kristo sa hapag na kasama ng Kaniyang mga alagad. Nagkatipon sila upang ipagdiwang ang Paskuwa. Pinita ng Tagapagligtas na makasalo ang Labindalawa sa pista o piging na ito. Batid Niyang dumating na ang Kaniyang oras; Siya na rin ang kordero ng paskuwa, at sa araw na kainin ang Paskuwa ay ihahandog Siya. Malapit na Niyang inuman ang saro ng kagalitan; sandali na lamang at tatanggapin na Niya ang huling bautismo ng paghihirap. Nguni't mayroon pa Siyang ilang tahimik na oras na nalalabi, at ito'y kailangang gugulin Niya para sa kapakinabangan ng minamahal Niyang mga alagad.

Ang buong buhay ni Kristo ay naging isang kabuhayan ng paglilingkod na hubad sa pag-iimbot. "Hindi upang paglingkuran, kundi upang maglingkod" (Mateo 20:28), ang naging aral ng Kaniyang bawa't kilos. Nguni't hindi pa natututuhan hanggang ngayon ng mga alagad ang aral na ito. Sa huling hapunang ito ng Paskuwa, ay inulit ni Jesus ang Kaniyang turo sa pamamagitan ng isang halimbawa na natanim nang malalim sa kanilang mga puso at mga pag-iisip.

Ang mga pag-uusap ni Jesus at ng Kaniyang mga alagad ay [932]
karaniwan nang mga panahon ng katuwaan, na lubhang pinahahalagahan nilang lahat. Ang Paskuwa ay naging mga pagtatagpong tangi nang kinawiwilihan; subali't sa Paskuwang ito ay nababagabag si Jesus. Mabigat ang Kaniyang puso, at nakabahid ang lungkot sa Kaniyang mukha. Sa pakikipagniig Niya sa mga alagad sa silid sa itaas, ay napansin nilang may mabigat na bagay na nagpapahirap sa Kaniyang isip, at bagaman hindi nila alam ang sanhi, ay nakiramay din sila sa Kaniyang kalungkutan.

Nang natitipon na sila sa palibot ng hapag, sa himig na nagbabadya ng kalumbayan, ay sinabi Niya, "Pinakahahangad Kong kanin na kasalo ninyo ang kordero ng Paskuwang ito bago Ako maghirap: sapagka't sinasabi Ko sa inyo, Ito'y hindi Ko kakanin,

hanggang sa ito'y maganap sa kaharian ng Diyos. At kumuha Siya ng isang saro, at nang Siya'y makapagpasalamat, ay sinabi Niya, Kunin ninyo ito, at inyong pagbaha-bahaginin: sapagka't sinasabi Ko sa inyo, na hindi na Ako iinom mula ngayon ng bunga ng ubas, hanggang sa dumating ang kaharian ng Diyos."

Batid ni Kristo na dumating na ang oras ng pag-alis Niya sa sanlibutan, at ng pag-uwi Niya sa Kaniyang Ama. At yamang inibig Niya ang mga Kaniya na nasa sanlibutan, ay inibig Niya sila hanggang sa katapusan. Siya ngayon ay nasa lilim na ng krus, at pinahihirapan na ng kirot ang Kaniyang puso. Talos Niyang Siya'y iiwan at pababayaan sa oras na Siya'y maipagkanulo. Talos Niyang ang kadusta-dustang paraan ng pagpaparusa sa mga salarin ay siyang gagawin sa pagpatay sa Kaniya. Batid Niya ang kawalang-utang-naloob at ang kalupitan niyaong mga pinarituhan Niya upang iligtas. Batid Niya kung gaano kalaking sakripisyo ang kailangan Niyang gawin, at sa marami ito'y magiging walang-kabuluhan. Palibhasa'y
[933] talastas Niya ang lahat ng mangyayari, katutubong dapat sana'y nanlumo Siya pagkaalaala Niya sa darating Niyang pagkadusta at paghihirap. Datapwa't tiningnan Niya ang Labindalawa, na naging kasama-sama na Niya bilang Kaniya, na sila, pagkatapos Niyang danasin ang kahihiyan at kalungkutan at kahirapan, ay siyang maiiwang nakikipagpunyagi sa sanlibutan. Ang mga iniisip Niya na daranasin Niyang paghihirap ay laging nakaugnay sa Kaniyang mga alagad. Hindi Niya inisip ang tungkol sa Kaniyang sarili. Ang pag-iingat at pagaasikaso sa kanila ay siyang namamaibabaw sa Kaniyang isip.

Sa huling gabing ito na kasama Niya ang Kaniyang mga alagad, si Jesus ay maraming sasabihin sa kanila. Kung naging handa lamang silang tumanggap ng nais Niyang sabihin sa kanila, hindi sana nila dinanas ang nakawiwindang-ng-pusong paghihirap ng damdamin, pagkabigo at di-paniniwala. Nguni't nadama ni Jesus na hindi nila kayang bathin ang Kaniyang sasabihin. Nang tingnan Niya ang kanilang mga mukha, napabitin sa Kaniyang mga labi ang mga salita ng pagbababala at pagaliw. Tahimik na lumipas ang mga sandali. Sa malas ay parang naghihintay si Jesus. Tahimik na tahimik naman ang mga alagad. Ang pakikiramay at paggiliw na likha ng pagkalungkot ni Kristo ay waring lumipas na. Ang malungkot Niyang pangungusap, na nagsasabi ng Kaniyang paghi-

hirap, ay bahagya nang nakaantig. Ang mga sulyap nila sa isa't isa ay nagpapahiwatig ng paninibugho at pagtatalo.

May "pagtatalu-talo sa gitna nila, kung sino kaya sa kanila ang ibibilang na pinakadakila." Ang pagtatalong ito, na tinaglay pa nila hanggang sa harap ni Kristo, ay pumighati at sumugat sa Kaniyang puso. Hindi pa nababago ang dati nilang paniniwala na gagamitin ni Kristo ang Kaniyang kapangyarihan, at Siya'y uupo sa luklukan ni David. At sa puso ng bawa't isa ay naroon pa rin ang paghahangad [934] sa pinakamataas na tungkulin sa kaharian. Nagtakda sila ng sarili nilang halaga sa kani-kanilang mga sarili at sa isa't isa, at, sa halip na ituring nila ang mga kapatid nila na higit na karapat-dapat ay inuna muna nila ang kanilang mga sarili. Ang kahilingan ni Santiago at ni Juan na sila'y makaupo sa kanan at sa kaliwa sa trono ni Kristo ay ikinagalit ng iba. Ang pangangahas ng dalawang magkapatid na humingi ng kataas-taasang tungkulin ay lubhang ikinagalit ng sampu na anupa't nanganib na sila'y magkahiwa-hiwalay. Inakala nilang hindi tumpak ang palagay sa kanila, at ang katapatan nila at mga kakayahan ay hindi kinikilala. Si Judas ang lalong galit na galit kina Santiago at Juan.

Nang pumasok ang mga alagad sa silid na pagdarausan ng hapunan, ang mga puso nila ay puno ng pagkagalit. Iginitgit ni Judas ang sarili niya sa tabi ni Kristo sa gawing kaliwa; si Juan naman ay sa gawing kanan. Kung mayroon pang pinakamataas na lugar, desidido si Judas na mapasakaniya iyon, at ang lugar na iyon ay ipinalalagay na ang sa tabi ni Kristo. At si Judas ay isang taksil.

May isa pang sanhi ng pagtatalo na bumangon. Kinaugalian na sa isang kapistahan na hugasan ng isang alipin ang mga paa ng mga panauhin, at sa pagkakataong ito ay may ginawa nang paghahanda para sa paghuhugas. Ang pitsel, ang palanggana o kamaw, at ang tuwalya ay naroon na, at handa na para sa mga paang huhugasan; nguni't walang aliping naroroon, at kaya nga tungkulin ng mga alagad na iyon ay gampanan nila. Datapwa't ang bawa't isa sa mga alagad, palibhasa'y mayabang, ay nagpasiyang hindi gaganap ng tungkulin ng isang alipin. Lahat ay nagsawalang-kibo, na para bagang wala silang anumang dapat gawin. Ang pagsasawalangkibo nila ay nagpakilalang ayaw nilang magpakababa.

Paano nga madadala ni Kristo ang mga kahabag-habag na kalu- [935]
luwang ito sa dakong hindi sila mapananagumpayan ni Satanas?

Paano nga Niya maipakikilala sa kanila na ang basta pagpapanggap na sila'y mga alagad ay hindi sila ginagawang mga alagad na nga, ni nagbibigay man iyon sa kanila ng katiyakan na sila'y magkakaroon ng lugar sa Kaniyang kaharian? Paano Niya maipakilala na ang maibiging paglilingkod, at ang tunay na kababaan, ay siyang kabuuan ng tunay na kadakilaan? Paano Niya mapag-aalab ang pag-ibig sa kanilang mga puso, at maipauunawa sa kanila ang nais Niyang sabihin sa kanila?

Walang kumilos sa mga alagad upang maglingkod sa isa't isa. Sandaling naghintay si Jesus upang kung ano ang kanilang gagawin. Pagkatapos Siya, na banal na Guro, ay nagtindig mula sa tabi ng hapag. Pagkahubad Niya ng panlabas na kasuutang makasasagabal sa Kaniyang mga pagkilos at maitabi ito, ay kumuha Siya ng isang tuwalya, at ito'y ibinigkis Niya sa sarili. Napamaang ang mga alagad, at tahimik silang naghintay kung ano pa ang susunod Niyang gagawin. "Nang magkagayo'y nagsalin Siya ng tubig sa isang kamaw (palanggana), at pinasimulang hugasan ang mga paa ng mga alagad, at kinuskos ito ng tuwalya na sa Kaniya'y nakabigkis." Ang ginawang ito ay. nagpadilat sa mga mata ng mga alagad. Mapait na pagkapahiya at pagkadusta ang lumipos sa kanilang mga puso. Noon nila nauunawaan ang di-binigkas na sumbat, at noon din nila nakita ang talaga nilang katayuan sa bagong liwanag.

Ganyan ipinahayag ni Kristo ang Kaniyang pag-ibig sa Kaniyang mga alagad. Nalipos Siya ng kalungkutan sa pagkakaroon nila ng sakim na diwa, gayunma'y hindi Siya nakipagtalo sa kanila tungkol sa kanilang kapintasan. Sa halip ay binigyan Niya sila ng isang halimbawa na di-kailanman nila maliiimutan. Ang pag-ibig Niya
[936] sa kanila ay hindi agad nagbago o nagbawa. Batid Niyang ibinigay na sa Kaniya ng Ama ang lahat ng mga bagay, at Siya'y nagmula sa Diyos, at sa Diyos din uuwi. Lubos ang Kaniyang pagkaalam na Siya ay Diyos; subali't Kaniyang isinaisantabi ang Kaniyang korona at damit ng pagka-hari, at nag-anyong alipin. Ang isa sa mga huling gawa Niya rito sa lupa ay ang magbigkis Siyang tulad sa isang alipin, at gumanap ng tungkulin ng isang alipin.

Bago dumating ang Paskuwa ay nakipagtagpo si Judas sa ikalawang pagkakataon sa mga saserdote at mga eskriba, at pinagtibay nila ang kanilang kasunduan na ibibigay niya si Jesus sa kanilang mga kamay. Nguni't pagkakatapos nito'y muli siyang

nakisama sa mga alagad na para bagang wala siyang ginawang anumang pagkakasala at siya'y interesado sa gawain ng paghahanda para sa pista. Ang mga alagad ay walang kaalam-alam sa layunin ni Judas. Si Jesus lamang ang nakaalam ng kaniyang lihim. Gayon pa man ay hindi Niya siya inilantad. Sabik si Jesus sa kaniyang kaluluwa. Ang nadama Niyang pagmamahal Niya sa kaniya ay gaya rin ng pagmamahal Niya sa Jerusalem nang tangisan Niya ang hinatulang lungsod. Ang puso Niya'y tumatangis, Paano kita mapababayaan? Naramdaman ni Judas ang namimilit na kapangyarihan ng pag-ibig na yaon. Nang kasalukuyang hinuhugasan ng mga kamay ng Tagapagligtas ang maruruming paang iyon, at kinukuskos iyon ng tuwalya, ay napuno ang puso ni Judas ng damdamin at ng udyok na ipahayag noon din ang kaniyang kasalanan. Subali't ayaw pa rin niyang magpakumbaba. Pinatigas niya ang kaniyang puso at ayaw niyang magsisi; at ang dating udyok at hangarin ng kalooban, na sandali niyang naiwaksi, ay muling nakapaghari sa kaniya. Natisod si Judas sa ginawa ni Kristong paghuhugas ng mga paa ng Kaniyang mga alagad. Kung si Jesus ay gayon kababa, naisip niya, hindi Siya maaaring maging hari ng Israel. Nasira ang lahat niyang inaasahang tatamuhing pansalibutang karangalan sa isang kahariang [937] makalupa. Namanatag ang loob ni Judas na talagang walang anumang pakikinabangin sa pagsunod kay Kristo. Pagkatapos niyang makita si Jesus na nagpakababa sa sarili, gaya ng inakala niya, nagtumibay siya sa kaniyang layunin na huwag na Siyang kilalanin, at itinuring niyang siya'y nadaya na lamang. Inalihan siya ng isang demonyo, at ipinasiya niyang ituloy ang gawaing ipinakipagkasundo niyang gawin sa pagkakanulo sa kaniyang Panginoon.

Nang piliin ni Judas ang kaniyang lugar sa hapag, sinikap niyang siya ang maging pang-una, at si Kristo bilang isang alipin ay paglingkuran siyang una. Si Juan naman, na lubhang kinagagalitan ni Judas, ay naiwan sa kahuli-hulihan. Nguni't hindi ito itinuring ni Juan na isang sumbat o paghamak. Habang pinagmamasdan ng mga alagad ni Kristo, lubhang naantig ang kanilang kalooban. Nang dumating na kay Pedro, napabulalas ito sa pagkakamangha, "Panginoon, huhugasan Mo baga ang aking mga paa?" Ang pagpapakababa ni Kristo ay nagwasak sa puso niya. Nalipos siya ng pagkapahiya nang maisip niyang wala isa mang alagad na gumanap ng gawaing ito. "Ang ginagawa Ko," sabi ni Kristo, "ay hindi mo nalalaman

ngayon; datapwa't mauunawaan mo pagkatapos." Hindi matiis ni Pedrong makita ang kaniyang Panginoon, na pinaniniwalaan niyang Anak ng Diyos, ay gumaganap ng gawain ng isang alipin. Ang buo niyang kaluluwa ay naghimagsik laban sa pagpapakababang ito. Hindi niya tanto na dahil dito kaya naparito si Kristo sa sanlibutan. Ipinakadiin niya ang pagsasabing, "Huwag Mong huhugasan ang aking mga paa kailanman."

Buong kasolemnihang sinabi ni Kristo kay Pedro, "Kung hindi kita huhugasan, ay hindi ka magkakaroon ng bahagi sa Akin." Ang paglilingkod na tinatanggihan ni Pedro ay kauri ng isang lalong mataas na paglilinis. Naparito si Kristo upang hugasan ang puso
[938] sa dungis ng kasalanan. Kung tinatanggihan ni Pedro na hugasan
[939] ni Kristo ang kaniyang mga paa, ay tinatanggihan niya ang lalong mataas na uri ng paglilinis na kasama sa mababang uri. Ang tunay niyang tinatanggihan nito ay ang kaniyang Panginoon. Hindi ikinaaaba ng Panginoon ang Siya'y pahintulutang gumawa para sa ikalilinis natin. Ang pinakatunay na pagpapakumbaba ay tanggaping may pagpapasalamat ang anumang paglalaang ginawa para sa kapakanan natin, at taglay ang kasigasigang maglingkod para kay Kristo.

Sa binitiwang pangungusap na, "Kung hindi kita huhugasan, ay hindi ka magkakaroon ng bahagi sa Akin," ay isinuko ni Pedro ang kaniyang kataasan at katigasanng-loob. Hindi niya makayang tiisin ang isiping siya'y mawawalay kay Kristo; ikamamatay niya iyon. "Hindi ang aking mga paa lamang," wika niya, "kundi pati ng aking mga kamay at ang aking ulo. Sinabi sa kaniya ni Jesus, Ang napaliguan na ay hindi na kailangang hugasan liban sa kaniyang mga paa, sapagka't malinis nang lubos."

Ang ibig sabihin ng mga salitang ito ay higit pa kaysa kalinisan ng katawan. Ang sinasalita ni Kristo ay ang lalong mataas na paglilinis na gaya ng inilalarawan ng mababang paglilinis. Ang nakatapos nang maligo ay malinis na, nguni't ang mga paang nakasandalyas ay madaling naaalikabukan, at kailangang muling hugasan. Gayon nahugasan sa malaking bukal na bumalong para sa kasalanan at karumihan si Pedro at ang kaniyang mga kapatid. Tinanggap sila ni Kristo bilang sa Kaniya. Nguni't inakay sila ng tukso sa kasamaan, at kailangan pa rin nila ang Kaniyang lumilinis na biyaya. Nang bigkisan ni Jesus ang Kaniyang sarili ng tuwalya upang hugasan ang

alikabok sa kanilang mga paa, hinangad Niyang sa pamamagitan ng gawang iyon ay mahugasan ang pagkakawatak-watak, paninibugho, at pagmamataas ng kanilang mga puso. Ito ay may mahigit pang kahalagahan kaysa paghuhugas ng marurumi nilang mga paa. Sa [940] diwangsumasakanila noon, ay wala isa man sa kanila na handang makipag-ugnay kay Kristo. Hangga't sila'y wala sa kalagayan ng kapakumbabaan at pag-iibigan, ay hindi pa sila handang makisalo sa hapunan ng paskuwa, o kaya'y makibahagi man sa serbisyong malapit nang itatag ni Kristo. Kailangang linisin ang kanilang mga puso. Ang pagmamataas at pagtatanghal sa sarili ay lumilikha ng pagtatalu-talo at pagkakapootan, nguni't ang lahat ng ito ay hinugasan ni Jesus nang hugasan Niya ang kanilang mga paa. Nagbunga ito ng isang pagbabago ng damdamin. Nang tingnan sila ni Jesus, ay sinabi Niya, "Kayo'y mayroon nang pagkakaisa ng puso, at mayroon na ring pagiibigan sa isa't isa." Sila'y naging mga mapagpakumbaba at handang paturo. Maliban kay Judas, bawa't isa sa kanila ay handa nang ibigay sa iba ang pinakamataas na lugar o puwesto. Ngayo'y matatanggap na nila ang mga salita ni Kristo nang may mga pusong nagpapasakop at nagpapasalamat.

Tayo'y natutulad din kina Pedro at sa mga kapatid niya, na nahugasan na sa dugo ni Kristo, nguni't madalas na dahil sa pagkakaugnay sa masama ay nadudungisan ang kalinisan ng puso. Dapat tayong lumapit kay Kristo para sa Kaniyang lumilinis na biyaya. Nanliit si Pedro na ipahipo ang marurumi niyang mga paa sa mga kamay ng kaniyang Panginoon at Guro; nguni't anong dalas nating inilalapit ang ating maruruming mga puso sa puso ni Kristo! Isinusukal ng Kaniyang loob ang masamang silakbo ng ating damdamin, ang ating kapalaluan at kayabangan! Gayon pa ma'y kailangan nating dalhin sa Kaniya ang lahat nating kahinaan at karumihan. Siya lamang ang makahuhugas at makalilinis sa atin. Hindi tayo handang makipagniig at makipag-usap sa Kaniya malibang tayo'y nalinis na ng Kaniyang biyaya. [941]

Sinabi ni Jesus sa Kaniyang mga alagad, "Kayo'y malilinis na, nguni't hindi ang lahat." Hinugasan Niya ang mga paa ni Judas, nguni't ang puso nito ay hindi isinusuko sa Kaniya. Hindi ito nalilinis. Hindi ipinasakop ni Judas ang kaniyang sarili kay Kristo.

Pagkatapos na mahugasan ni Kristo ang mga paa ng mga alagad, at makapagbihis uli ng Kaniyang kasuutan at makaupo uli, ay sinabi

Niya sa kanila, "Nalalaman baga ninyo kung ano ang ginawa Ko sa inyo? Tinatawag ninyo Akong Guro at Panginoon: at mabuti ang inyong sinasabi; sapagka't Ako nga. Kung Ako nga, na Panginoon at Guro, ay naghugas ng inyong mga paa; kayo naman ay nararapat ding mangaghugasan ng mga paa ng isa't isa. Sapagka't kayo'y binigyan Ko ng halimbawa, upang gawin naman ninyo ayon sa ginawa Ko sa inyo. Katotohanan, katotohanang sinasabi Ko sa inyo, Ang alipin ay hindi dakila kaysa kaniyang panginoon; ni ang sinugo man ay dakila kaysa nagsugo sa kaniya."

Nais ipaunawa ni Kristo sa Kaniyang mga alagad na bagama't hinugasan Niya ang kanilang mga paa, ay hindi naman ito nakasira bahagya man sa Kaniyang karangalan. "Tinatawag ninyo Akong Guro at Panginoon: at mabuti ang inyong sinasabi; sapagka't Ako nga." At sapagka't walang-hanggan ang Kaniyang kataasan, ay binigyan Niya ng biyaya at kabuluhan ang serbisyong ito. Walang kasindakila na gaya ni Kristo, gayunman ay nagpakababa Siya sa pagganap ng pinakaabang tungkulin. Upang ang Kaniyang bayan ay huwag mailigaw ng kasakimang tumatahan sa pusong laman, na pinalalakas ng paglilingkod sa sarili, si Kristo na rin ay nagbigay ng halimbawa ng pagpapakababa. Hindi Niya iniwan sa pasiya ng tao ang dakilang suliraning ito. Gayon na lamang kalaki ang pagpapahalaga Niya rito, na Kaniyang mga alagad. Samantalang sila'y nagtatalu-talo para sa pinakamataas na puwesto, Siya naman na sa
[942] Kaniya dapat lumuhod ang bawa't tuhod, Siya na ang paglilingkod sa Kaniya ay itinuring na karangalan ng mga anghel ng kaluwalhatian, ay lumuhod upang hugasan ang mga paa niyaong mga tumatawag sa Kaniya ng Panginoon. Hinugasan Niya ang mga paa ng nagkanulo sa Kaniya.

Sa Kaniyang kabuhayan at mga aral, ay nagbigay si Kristo ng sakdal na halimbawa ng di-makasariling paglilingkod na nagmula sa Diyos. Ang Diyos ay hindi nabubuhay para sa Kaniyang sarili. Sa pamamagitan ng paglalang sa sanlibutan, sa pamamagitan ng pagtataguyod sa lahat ng mga bagay, ay patuloy Siyang naglilingkod sa mga iba. "Pinasisikat Niya ang Kaniyang araw sa masasama at sa mabubuti, at nagpapaulan sa mga ganap at sa mga hindi ganap." Mateo 5:45. Ang ulirang paglilingkod na ito ay ipinagkatiwala ng Diyos sa Kaniyang Anak. Si Jesus ay inilagay na pangulo ng sangkatauhan, upang sa pamamagitan ng Kaniyang halimbawa ay

maituro Niya kung ano ang ibig sabihin ng maglingkod. Ang buo Niyang buhay ay nasa ilalim ng batas ng paglilingkod. Pinaglingkuran Niya ang lahat, at tinulungan Niya ang lahat. Sa ganitong paraa'y isinakabuhayan Niya ang kautusan ng Diyos, at sa pamamagitan ng Kaniyang halimbawa ay ipinakilala Niya kung paano natin ito tatalimahin.

Muii at muling sinikap ni Jesus na itatag ang simulaing ito sa Kaniyang mga alagad. Nang hingin ni Santiago at ni Juan na sila'y ilagay sa mataas na tungkulin, ay sinabi Niya, "Ang sinumang magibig na dumakila sa inyo, ay magiging lingkod ninyo." Mateo 20:26. Sa Aking kaharian ay hindi kinikilala ang simulain ng pagtatangi at pangingibabaw ng isa. Ang tanging kadakilaan ay ang kadakilaan ng kapakumbabaan. Ang tanging kinikilalang katangian ay nasusumpungan sa pagiging laang maglingkod sa mga iba. [943]

Ngayon, yamang nahugasan na ang mga paa ng mga alagad, ay sinabi Niya, "Kayo'y binigyan Ko ng halimbawa, upang gawin naman ninyo ayon sa ginawa Ko sa inyo." Sa mga pangungusap na ito ay hindi lamang ibinibilin ni Kristo na sila'y maging mapagpatuloy. Higit pa ang kahulugan nito kaysa paghuhugas ng mga paa ng mga panauhin upang alisin ang alikabok na nakuha sa paglalakad. Dito'y itinatatag ni Kristo ang isang serbisyo o pulong na panrelihiyon. Dahil sa ginawa ng ating Panginoon ay ginawang isang banal o itinalagang palatuntunan ang seremonyang ito ng pagpapakababa. Dapat itong isagawa ng mga alagad, upang lagi nilang maisaisip ang Kaniyang mga aral ng pagpapakababa at paglilingkod.

Ang palatuntunang ito ay itinakda ni Kristo upang maging isang paghahanda para sa serbisyong ukol sa sakramento. Samantalang kinikimkim sa kalooban ang pagmamataas, pagkakagalit, at ang hangaring makapangibabaw o ang maging dakila, ay hindi makapapaloob ang puso sa pakikisama kay Kristo. Hindi tayo handang tumanggap ng komunyon ng Kaniyang katawan at dugo. Kaya nga itinakda ni Jesus na una munang ganapin ang alaala ng Kaniyang pagpapakababa.

Kapag ang mga anak ng Diyos ay nagtitipon upang ganapin ang palatuntunang ito, dapat nilang alalahanin ang mga salita ng Panginoon ng buhay at kaluwalhatian: "Nalalaman baga ninyo kung ano ang ginawa Ko sa inyo? Tinatawag ninyo Akong Guro at Panginoon: at mabuti ang inyong sinasabi; sapagka't Ako nga. Kung Ako nga,

na Panginoon at Guro, ay naghugas ng inyong mga paa; kayo naman ay nararapat ding mangaghugasan ng mga paa ng isa't isa. Sapagka't kayo'y binigyan Ko ng halimbawa, upang gawin naman ninyo ayon sa ginawa Ko sa inyo. Katotohanan, katotohanang sinasabi Ko sa
[944] inyo, Ang alipin ay hindi dakila kaysa kaniyang panginoon; ni ang sinugo man ay dakila kaysa nagsugo sa kaniya. Kung nalalaman ninyo ang mga bagay na ito, kayo ay mapapalad kung inyong mga gawin." May ugali ang tao na mag-akalang siya'y higit na mabuti kaysa kaniyang kapatid, na gumawa para sa kaniyang sarili, na maghangad ng pinakamataas na lugar o puwesto; at malimit na ito'y nagbubunga ng masasamang haka at kapaitan ng diwa. Ang palatuntunang nauuna sa Santa Sena o Banal na Hapunan ay siyang pumapawi ng ganitong mga di-pagkakaunawaan, upang alisin sa tao ang kaniyang kasakiman o pagkamakasarili, at upang bumaba sa kaniyang tuntungan ng pagtataas sa sarili, hanggang sa papagpakumbabain ang puso na aakay sa kaniya na paglingkuran ang kaniyang kapatid.

Ang Banal na Bantay na buhat sa langit ay naroroon sa panahong ito upang ito'y gawing isang panahon ng pagsisiyasat ng puso, ng pagsumbat sa kasalanan, at ng pagbibigay ng mapalad na kasiguruhang ang mga kasalanan ay ipinatatawad. Naroroon din si Kristo na may saganang biyaya upang baguhin ang takbo ng pag-iisip at maihiwalay sa mga bagay na makasarili. Ang Espiritu Santo ang bumubuhay sa mga pakiramdam o mga pandama ng mga sumusunod sa halimbawa ng kanilang Panginoon. Pagka inaalaala ang pagkakapagpakumbaba at pagpapakahirap ng Tagapagligtas, ang isipan ay napapaugnay sa kapwa isipan; kawing-kawing na mga gunitain o mga alaala ang nasasariwa sa isip, mga alaala ng dakilang kabutihan ng Diyos at ng paglingap at pagmamahal ng mga kaibigan sa lupa. Ang mga pagpapalang nalimutan, mga kaawaang pinagmalabisan, at mga kagandahang-loob na winalang-halaga, ay pawang nagugunita. Lumilitaw ang mga ugat ng kapaitan na sumikil sa mahalagang halaman ng pag-ibig. Naaalaala ang mga kapintasan ng likas, ang mga pagpapabaya sa mga tungkulin, ang kawalan ng utang-na-loob
[945] sa Diyos, at ang malamig nating pakikitungo sa ating mga kapatid. Nakikita ang kasalanan ayon sa liwanag ng pagkakita rito ng Diyos. Ang ating mga isipan ay hindi mga isipan ng pagkakasiya sa sarili, kundi ng mahigpit na pamumuna ng sarili at pagpapakababa. Ang

isip ay pinalalakas upang maigiba ang bawa't hadlang o sagwil na nagpapahiwalay. Ang masasamang haka at masasamang pagsasalita ay inaalis. Ipinagtatapat ang mga pagkakasala, at ipinatatawad naman ang mga ito. Pumapasok sa kaluluwa ang sumusupil na biyaya ni Kristo, at ang pag-ibig naman ni Kristo ang humihila sa mga puso upang papagsamahin sa isang pinagpalang pagkakabuklod.

Pagka natututuhan na ang aral na itinuturo ng tuntuning ukol sa paghuhugasan ng mga paa, nag-aalab naman ang pagnanasang mamuhay ng isang lalong mataas na kabuhayang espirituwal. Ang ganitong pagnanasa ay tutugunin ng Banal na Saksi. Maaangat ang kaluluwa. Makatatanggap tayo ng Komunyon na taglay ang pagkadamang pinatawad ng Diyos ang ating mga kasalanan. Ang liwanag ng katwiran ni Kristo ay siyang pupuno sa lahat ng pitak ng pag-iisip at sa templo ng kaluluwa. Ating namamasdan "ang Kordero ng Diyos, na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan." Juan 1:29.

Sa mga taong nagsisitanggap ng espiritu ng palatuntunang ito, ay di-kailanman ito magiging isang karaniwang seremonya lamang. Ang magiging palagiang aral nito ay "Sa pamamagitan ng pag-ibig ay mangaglingkuran kayo sa isa't isa." Galacia 5:13. Sa paghuhugas ni Kristo sa mga paa ng mga alagad Niya, ay nagbigay Siya ng katunayan na kahit anong paglilingkod ay gagawin Niya, gaanuman kababa, maging mga tagapagmana lamang sila na kasama Niya ng walang-hanggang kayamanan ng langit. Sa pagganap ng ganito ring palatuntunan, ay nangangako ang Kaniyang mga alagad na maglilingkod sa kanilang mga kapatid sa ganito ring paraan. Kai- [946]
lanman ginaganap nang tumpak ang palatuntunang ito, ay nagiging banal ang samahan ng mga anak ng Diyos, upang tumulong at magpala sa isa't isa. Nakikipagtipan sila na ang kanilang buhay ay ibibigay nila sa di-makasariling paglilingkod. At ito, ay hindi lamang para sa isa't isa. Ang bukirang paglilingkuran nila ay kasinlawak ng sa kanilang Panginoon. Ang sanlibutan ay puno ng mga taong nangangailangan ng ating paglilingkod. Ang mga dukha, ang mga kaawaawa, at ang mga walangnalalaman, ay nasa lahat ng dako. Yaong mga nakipagusap kay Kristo sa silid sa itaas ay hahayo upang maglingkod na gaya nang ginawa Niya.

Si Jesus, na Panginoon ng lahat, ay naparito upang maglingkod sa lahat. At palibhasa'y naglingkod Siya sa lahat, Siya'y muling

paglilingkuran at pararangalan ng lahat. At ang mga tatanggap ng Kaniyang mga banal na likas, at mangagagalak na kasama Niya sa pagkakita sa mga kaluluwang nangatubos, ay dapat sumunod sa Kaniyang halimbawa ng di-makasariling paglilingkod.

Ang lahat nang ito ay siyang ipinaunawa sa mga salita ni Jesus na, "Kayo'y binigyan Ko ng halimbawa, upang gawin naman ninyo ang ayon sa ginawa Ko sa inyo." Ito ang layon ng palatuntunang Kaniyang itinatag. At sinasabi Niya, "Kung nalalaman ninyo ang mga bagay na ito," kung batid ninyo ang layunin ng Kaniyang mga
[947] aral, "kayo ay mapapalad kung inyong mga gawin."

# Kabanata 72—“Sa Pag-aalaala sa Akin”

Ang kabanatang ito ay balay sa Mateo 26:20-29; Marcos 14:17-25; Lukas 22:14-23; Juan 13:18-30.

“Ang Panginoong Jesus nang gabing Siya’y ipagkanulo ay dumampot ng tinapay; at nang Siya’y makapagpasalamat, ay Kaniyang pinagputul-putol, at sinabi, Kunin ninyo, kanin ninyo: ito’y Aking katawan, na pinagputul-putol dahil sa inyo: gawin ninyo ito sa pagaalaala sa Akin. Sa gayundin namang paraan ay hinawakan ang saro, pagkatapos na Siya’y makahapon, na sinasabi, Ang sarong ito’y siyang bagong tipan sa Aking dugo: gawin ninyo ito sa tuwing kayo’y magsisiinom, sa pag-aalaala sa Akin. Sapagka’t sa tuwing kanin ninyo ang tinapay na ito, at inuman ninyo ang sarong ito, ay inihahayag ninyo ang pagkamatay ng Panginoon hanggang sa dumating Siya.” 1 Corinto 11:23-26.

Si Kristo ay nakatayo sa gitna ng dalawang kapanahunan at ng dalawang malaking kapistahan. Siya, na walang-dungis na Kordero ng Diyos, ay malapit nang mag-alay ng Kaniyang sarili bilang isang handog na patungkol sa kasalanan, upang sa ganitong paraan ay mawakasan na Niya ang tuntunin ng mga paghahandog at mga seremonyang sa loob ng apat na libong taon ay nakaturo sa Kaniyang kamatayan. Nang kainin Niya ang Paskuwang kasama ng Kaniyang mga alagad, ay Kaniyang itinatag na kahalili nito ang isang tun- [948]
tunin o palatuntunang magiging alaala ng Kaniyang dakilang pagpapakasakit. Ang kapistahang pambansa ng mga Hudyo ay lilipas na magpakailanman. At ang palatuntunang itinatag ni Kristo ay gaganapin naman ng Kaniyang mga alagad sa lahat ng mga lupain at sa lahat ng mga panahon.

Itinatag ang Paskuwa bilang pag-alaala sa pagkakahango sa Israel mula sa pagkaalipin sa Ehipto. Ipinagutos ng Diyos, na tauntaon, pagka inusisa ng mga anak ang kahulugan ng seremonya o palatuntunang ito, ay muli nilang sasariwain ang kasaysayang pinagdaanan nila. Sa ganyan ay mananariwang lagi sa isip ng lahat ang

kahanga-hangang pagliligtas na ginawa ng Diyos. Ang palatuntunan naman ng Banal na Hapunan ay ibinigay upang alalahanin ang dakilang pagliligtas na ginawa bilang bunga ng pagkamatay ni Kristo. Hanggang sa Siya'y pumarito sa ikalawang pagkakataon na nasa kapangyarihan at kaluwalhatian, ang palatuntunang ito ay kailangang ganapin. Ito ang paraan upang mapanatiling sariwa sa ating mga isip ang dakilang gawang ginawa Niya para sa atin.

Nang panahong ang mga anak ni Israel ay hanguin sa Ehipto, ay kinain nila ang Paskuwa nang patayo, na nabibigkisan ang kanilang mga baywang, at taglay nila sa kanilang mga kamay ang mga tungkod nila, na handa na upang sila'y maglakbay. Ang paraan ng pagkakapagdiwang nila ng palatuntunang ito ay naaalinsunod sa kanilang kalagayan; sapagka't sila'y malapit nang ipagtabuyang palabas sa lupain ng Ehipto, at magsisimula na sila ng isang masakit at mahirap na paglalakbay sa ilang. Nguni't nang panahon ni Kristo ay ibang-iba na ang kalagayan ng mga bagay-bagay. Hindi sila ngayon itataboy palabas sa ibang lupain, kundi sila'y mga mamamayan na sa
[949] sarili nilang bansa. Alinsunod sa kapahingahang ibinigay sa kanila, ay kinain ng mga tao noon ang hapunang ukol sa Paskuwa na nasa kalagayang nakasandal. Inilagay sa palibot ng hapag ang mga sopa, at umupo dito ang mga panauhin, na nakahilig sa kaliwang kamay, at ang kanang kamay naman ay malayang nagagamit sa pagkain. Sa ganitong posisyon o katayuan ay naisasandal ng isang panauhin ang kaniyang ulo sa dibdib ng katabi niya sa upuan. At sapagka't ang mga paa ay nakalabas sa sopa o upuan, ay mahuhugasan ito ng isang dumaraan sa palibot nito.

Si Kristo ay nasa tabi pa rin ng hapag na kinahahainan ng hapunang ukol sa paskuwa. Nasa harap Niya ang mga tinapay na walang lebadura na ginagamit sa panahon ng Paskuwa. Ang alak ng Paskuwa, na katas ng sariwang mga ubas, ay nasa hapag na rin. Ang mga sagisag na ito ay ginamit ni Kristo upang ilarawan ang Kaniyang walang-kapintasang hain. Ang anumang sinisira ng permentasyon o pag-asim, na sagisag ng kasalanan at kamatayan, ay hindi mangyayaring kumatawan sa "Korderong walang kapintasan at walang dungis." 1 Pedro 1:19.

"At samantalang sila'y nagsisikain, ay dumampot si Jesus ng tinapay, at pinagpala, at pinagputul-putol, at ibinigay sa mga alagad, at sinabi, Kunin ninyo, kanin ninyo; ito ang Aking katawan. At

dumampot Siya ng saro, at nagpasalamat, at ibinigay sa kanila, na nagsasabi, Magsiinom kayong lahat diyan; sapagka't ito ang Aking dugo ng tipan, na nabubuhos dahil sa marami sa ikapagpapatawad ng mga kasalanan. Datapwa't sinasabi Ko sa inyo, na buhat ngayon ay hindi na Ako iinom nitong bunga ng ubas, hanggang sa araw na yaon na inumin Kong panibago na mga kasalo Ko kayo sa kaharian ng Aking Ama."

Si Judas na tagapagkanulo ay kaharap sa kainang ito ng Hapunan. Tinanggap niya kay Jesus ang mga sagisag ng Kaniyang nasugatang [950] katawan at ng Kaniyang nabuhos na dugo. Narinig niya ang mga salitang, "Gawin ninyo ito sa pag-aalaala sa Akin." At sa kaniyang pagkakaupo roon sa harap ng Kordero ng Diyos, ay nag-isip ang tagapagkanulo ng kaniyang maiitim na panukala, at nagaruga sa puso ng masasama't mapaghiganting mga pakana.

Sa paghuhugasan ng mga paa, ay nagbigay si Jesus ng kapani-paniwalang katibayan na batid Niya ang likas ni Judas. "Hindi kayong lahat ay malinis" (Juan 13:11), winika Niya. Ang pangungusap na ito ay nagpapaniwala sa bulaang alagad na nababasa ni Kristo ang kaniyang lihim na panukala. Ngayo'y lalong malinaw na nagsalita si Kristo. Sa pagkakaupo nila sa paligid ng hapag, ay tiningnan Niya ang Kaniyang mga alagad at nagwika, "Hindi ko sinasalita tungkol sa inyong lahat: nalalaman Ko ang Aking mga hinirang: nguni't upang matupad ang kasulatan, Ang kumakain ng tinapay na kasalo Ko ay nagtaas ng kaniyang sakong laban sa Akin."

Hanggang sa oras na ito hindi pa pinaghihinalaan ng mga alagad si Judas. Nguni't nahalata nilang nababagabag na mabuti si Kristo. Isang ulap ang lumukob sa kanilang lahat, isang salagimsim ng nakatatakot na mangyayari, na ang uri'y hindi naman nila alam kung ano. Habang sila'y tahimik na nagsisikain, ay sinabi ni Jesus, "Katotohanang sinasabi Ko sa inyo, na Ako'y ipagkakanulo ng isa sa inyo." Sa mga salitang ito ay sinidlan sila ng panggigilalas at pagkaligalig. Hindi nila maubos-maisip kung paanong magagawa ng isa sa kanila na pagtaksilan ang kanilang banal na Guro. Ano ang dahil at ipagkakanulo nila Siya? at kanino? Sinong puso ang lilikha ng ganyang panukala? Tunay na hindinghindi mangyayaring ito ay magbuhat sa isa sa itinatanging Labindalawa, na ibinukod nang higit sa mga iba pa upang makarinig ng Kaniyang mga turo, na [951] nagsitanggap ng Kaniyang kahanga-hangang pag-ibig, at Kaniyang

pinagpakitaan ng malaking pagtatangi sa pama magitan ng matalik Niyang pakikisama!

Nang mapagtanto nila ang kahulugan at kahalagahan ng Kaniyang mga salita, at magunita kung paano nagkatotoo ang Kaniyang mga sinabi, ay sinaklot sila ng takot at ng kawalang-pagtitiwala sa sarili. Sinimulan nilang saliksikin ang sarili nilang mga puso upang makita at matiyak kung may isa mang masamang isipang kinikimkim sila laban sa kanilang Panginoon. Taglay ang matinding paghihirap ng kalooban, na sila'y nagtanungan sa isa't isa, "Panginoon, ako ba?" Nguni't si Judas ay hindi umiimik. Si Juan na pinipiyapis ng malaking pagdaramdam ay nagtanong sa wakas, "Panginoon, sino yaon?" At si Jesus ay sumagot, "Yaong sumabay sa Aking sumawsaw sa pinggan, ay siya ring magkakanulo sa Akin. Ang Anak ng tao ay papanaw ayon sa nasusulat tungkol sa Kaniya: datapwa't sa aba niyaong taong magkakanulo sa Anak ng tao! mabuti pa sana sa taong yaon na hindi na siya ipinanganak." Masusing tiningnan ng mga alagad ang mukha ng isa't isa sa kanila habang kanilang itinatanong, "Panginoon, ako baga?" At ngayon ang pananahimik ni Judas ay tumawag ng pansin ng lahat kaya nga siya napagtuunan ng kaniiang paningin. Sa di-magkamayaw na pagtatanungan at pagpapahayag ng panggigilalas, ay hindi naulinigan ni Judas ang mga salitang itinugon ni Jesus sa tanong ni Juan. Nguni't ngayon, upang siya'y makaiwas sa panunuri o paghihinala ng mga alagad, ay nagtanong din siya na gaya ng ginawa nila, "Panginoon, ako baga?" Solemneng sumagot si Jesus, "Ikaw ang nagsabi."

Sa kaniyang pagkagulat at pagkalito dahil sa pagkakalantad ng kaniyang panukala, nagmamadaling tumindig si Judas upang lisanin ang silid. "Sinabi nga sa kaniya ni Jesus, Ang ginagawa mo, ay
[952] gawin mong madali. ...Nang kaniya ngang matanggap ang subo ay umalis agad: at noo'y gabi na." Gabi nga iyon sa taksil nang siya'y tumalikod na pahiwalay kay Kristo patungo sa kadiliman sa labas.

Hanggang hindi pa nagagawa ni Judas ang hakbang na ito, ay hindi pa siya lumalampas sa hangganan ng pagsisisi. Datapwa't nang talikuran niya't lisanin ang kaniyang Panginoon at ang kaniyang mga kasamang alagad, ay nagawa na niya ang kaniyang pangwakas na pasiya. Lumampas na siya sa hangganan.

Nakapagtataka ang mahabang pagtitiis o pagpapahinuhod ni Jesus sa Kaniyang pakikitungo sa tinuksong kaluluwang ito. Gi-

nawa na Niya ang lahat Niyang magagawa upang mailigtas si Judas. Pagkatapos na makalawa itong makipagkasundong ipagkanulo ang kaniyang Panginoon, patuloy pa rin itong binigyan ni Jesus ng pagkakataong makapagsisi. Nang mabasa na Niya ang lihim na layon ng taksil na puso, ay binigyan pa rin ni Kristo si Judas ng panghuli at kapani-paniwalang katunayan ng Kaniyang pagka-Diyos. Ito ang kahuli-hulihang panawagan sa bulaang alagad na magsisi. Lahat na ng pakikiusap ay ginawa na ng may Diyos-taong pusong si Kristo. Ang mga alon ng kahabagan, na itinutulak nang pabalik ng palalong kalooban, ay bumalik nang may lalo pang malakas na daluyong ng sumusupil na pag-ibig. Subali't bagaman siya'y namangha at nabahala sa pagkakatuklas sa kaniyang pagkakasala, ay lalo pa manding nagmatigas si Judas. Buhat sa Banal na Hapunan ay umalis siya upang ipagpatuloy at lubusin ang gawain ng pagkakanulo.

Sa pagsumpa ni Kristo kay Judas, ay taglay rin naman Niya ang layunin ng kahabagan sa Kaniyang mga alagad. Sa ganito binigyan Niya sila ng pamutong na katunayan ng Kaniyang pagka-Mesiyas. "Sinasalita Ko sa inyo bago mangyari," sabi Niya, "upang, pagka nangyari na, kayo'y magsisampalataya na AKO NGA," Kung si Je- [953]
sus ay nagsawalang-imik, na parang di-nalalaman ang mangyayari sa Kaniya, ay aakalain ng mga alagad na ang Panginoon nila'y walang karunungan ng Diyos, at maaaring namangha at naipagkanulo sa mga kamay ng mga tampalasang tao. Noong isang taong nakaraan, ay sinabi ni Jesus sa mga alagad na humirang Siya ng labindalawa, nguni't ang isa sa mga ito ay diyablo. Ang mga salita ngayon kay Judas, na nagpapakilalang batid ng Panginoon ang kaniyang pagtataksil, ay magpapalakas sa pananampalataya ng mga tunay na alagad sa panahon ng Kaniyang pagpapakababa. At kung dumating si Judas sa kaniyang kakila-kilabot na wakas, ay maaalaala nila ang sumpang iginawad ni Jesus sa tagapagkanulo.

At bukod dito ay may isa pang layunin ang Tagapagligtas. Hindi naintindihan ng mga alagad ang mga sinalita Niya nang sa panahon ng paghuhugasan ng mga paa ay sabihin Niyang, "Hindi kayong lahat ay malilinis," ni noon mang sila'y nagsisikain ay sabihin Niyang, "Ang kumakain ng tinapay na kasalo Ko ay nagtaas ng kaniyang sakong laban sa Akin." Juan 13:11, 18. Datapwa't pagkatapos,

nang malinawan na ang ibig Niyang sabihin, ay napag-isip nila ang pagtitiis at habag ng Diyos sa mga nagkakasala nang lalong mabigat.

Bagama't kilala ni Jesus si Judas buhat pa sa pasimula, ay hinugasan din Niya ang mga paa nito. At ang tagapagkanulo ay binigyan ng karapatang makiisa kay Kristo sa pakikisalo sa sakramento. Isang matiisin o mapagpahinuhod na Tagapagligtas ang nag-alok sa makasalanan na tanggapin Siya, magsisi, at mahugasan sa lahat ng dungis ng kasalanan. Ang halimbawang ito ay para sa atin. Kung inaakala nating ang isang kapatid ay namamali, ay huwag natin siyang ihihiwalay. Huwag tayong gagawa ng walang-ingat na paghiwalay
[954] na iiwan siyang isang bihag ng tukso, o kaya'y ihahantad siya sa pananalakay ni Satanas. Hindi ito ang paraan ni Kristo. Dahil nga sa ang mga alagad ay namamali at nagkukulang kung kaya hinugasan Niya ang kanilang mga paa, at isa lamang sa Labindalawa ang hindi nga nadala sa pagsisisi.

Ang halimbawang ipinakita ni Kristo sa panahon ng Banal na Hapunan ay hindi nagpapahintulot sa paggawa ng pagtatangi. Totoo nga, kung sa bagay, na ang lantarang pagkakasala ay siyang naghihiwalay sa maysala. Ito'y malinaw na itinuturo ng Banal na Espiritu. 1 Corinto 5:11. Nguni't ang sa kabila nito ay walang sinumang dapat na humatol. Hindi ipinagkatiwala ng Diyos sa mga tao ang pagsasabi kung sino ang magsisiharap sa mga ganitong okasyon o pagkakataon. Sapagka't sino ang makababasa ng puso? Sino ang makakikilala kung alin ang pansirang-damo at kung alin ang trigo? "Siyasatin ng tao ang kaniyang sarili, at saka kumain ng tinapay, at uminom sa saro." Sapagka't "sinumang kumain ng tinapay, at uminom sa saro ng Panginoon, na di-nararapat, ay magkakasala sa katawan at dugo ng Panginoon." "Ang kumakain at umiinom nang di-nararapat, ay kumakain at umiinom ng hatol sa kaniyang sarili, na di-nakikilala ang katawan ng Panginoon." 1 Corinto 11:28, 27, 29.

Pagka nagtitipon ang mga sumasampalataya upang ganapin ang mga palatuntunan, ay may mga naroroong sugo na di-nakikita ng mga mata ng mga tao. Maaaring may isang Judas sa pulutong, at sakaling gayon nga, ay mayroon ding mga sugo ng prinsipe ng kadiliman doon, sapagka't sinasamahan ng mga ito ang lahat ng tumatangging pasupil o pasakop sa Espiritu Santo. Naroon din ang mga anghel ng langit. Ang mga di-nakikitang panauhing ito

ay laging naroroon sa bawa’t gayong pagtitipon o pagkakataon. Maaaring may dumating doong mga tao na ang puso’y hindi alipin ng katotohanan at ng kabanalan, gayunma’y maaaring naghahangad [955]
ding makibahagi sa serbisyo o sakramento. Ang mga ito ay hindi dapat pagbawalan. May mga saksing naroroon na riaroroon din nang hugasan ni Jesus ang mga paa ng mga alagad at ni Judas. Hindi lamang mga mata ng mga tao ang sumaksi sa tanawing yaon.

Sa pamamagitan ng Espiritu Santo ay naroroon si Kristo upang ilagay ang tatak sa Kaniyang sariling palatuntunan. Siya’y naroroon upang sumbatan at palambutin ang puso. Wala ni isang tingin, wala ni isang isipan ng pagsisisi, na nakatanan sa Kaniyang pansin. Siya’y naghihintay sa isang nagsisisi at bagbag-na-puso. Ang lahat ng mga bagay ay handa upang tanggapin ang kaluluwang yaon. Siya na naghugas ng mga paa ni Judas ay nananabik ding maghugas ng bawa’t puso sa lahat ng dungis ng kasalanan.

Walang sinumang dapat na di-makibahagi sa Komunyon dahil lamang sa may ibang naroroong di-karapatdapat. Bawa’t alagad ay tinatawagang makibahagi nang hayagan, at sa gayo’y makapagpatotoo siya na tinatanggap niya si Kristo bilang sariling Tagapagligtas. Sa ganitong mga pagtitipon, na sarili Niyang takda, nakikipagtagpo si Kristo sa Kaniyang bayan, at sila’y pinalalakas sa pamamagitan ng Kaniyang pakikiharap. Maaaring may mga puso at mga kamay na di-karapat-dapat na nangangasiwa sa palatuntunan ng Komunyon, gayunma’y naroroon din si Kristo upang siyang maglingkod sa Kaniyang mga anak. Lahat ng pumaparoon o dumadalo na matibay ang pananampalataya sa Kaniya ay pagpapalain nang malaki. Lahat ng nagpapabaya sa mga ganitong panahon ng banal na karapatan ay magdaranas ng kalugihan. Tungkol sa mga ito ay angkop na masasabing, “Hindi kayong lahat ay malilinis.”

Sa pakikisalo sa Kaniyang mga alagad sa pagkain ng tinapay at pag-inom ng alak, ay ipinangako ni Kristo ang Kaniyang sarili sa [956]
kanila bilang kanilang Manunubos. Ipinagkatiwala Niya sa kanila ang bagong tipan, na sa pamamagitan niyon ang lahat ng tumatanggap sa Kaniya ay nagiging mga anak ng Diyos, at mga kasamang tagapagmana ni Kristo. Sa pamamagitan ng tipang ito ay napapasakanila ang bawa’t pagpapalang maipagkakaloob ng langit para sa buhay na ito at sa buhay na darating. Ang tipanang ito ay dapat pagtibayin sa dugo ni Kristo. At ang pagsasagawa ng sakramento

ay siyang laging magpapaalaala sa mga alagad ng walang-hanggang sakripisyo na ginawa para sa bawa't isa sa kanila nang isa-isa bilang isang bahagi ng malaking kabuuan ng nagkasalang sangkatauhan.

Datapwa't ang palatuntunan ng Komunyon ay hindi dapat maging isang panahon ng pagkalungkot. Hindi ito ang layon nito. Habang nagkakatipon ang mga alagad ng Panginoon sa paligid ng Kaniyang hapag, ay hindi nila dapat alalahanin at itangis ang kanilang mga pagkukulang. Hindi nila dapat isipin ang kanilang nakaraang karanasan sa relihiyon, kung ang karanasan mang yaon ay nakapagpapaligaya o nakapanlulupaypay. Hindi nila dapat gunitain ang mga di-pagkakaunawaang namagitan sa kanila at sa kanilang mga kapatid. Sinasaklaw ng palatuntunang ukol sa paghahanda (paghuhugasan ng mga paa) ang lahat na ito. Ang pagsisiyasat sa sarili, ang pagpapahayag ng kasalanan, at ang pakikipagkasundo sa mga nakasamaan ng loob, ay nagawa nang lahat. Ngayo'y nagsisiparoon sila upang makipagtagpo kay Kristo. Hindi sila dapat tumayo sa lilim ng krus, kundi sa nagliligtas nitong liwanag. Dapat nilang buksan ang kanilang kaluluwa sa maningning na sinag ng Araw ng Katwiran. Taglay ang mga pusong nilinis ng pinakamahalagang dugo ni Kristo, na may ganap na malay at pagkadama sa Kaniyang pakikiharap, bagama't hindi nakikita, ay dapat nilang pakinggan ang
[957] mga salitang, "Ang kapayapaan ay iniiwan Ko sa inyo, ang Aking kapayapaan ay ibinibigay Ko sa inyo: hindi gaya ng ibinibigay ng sanlibutan, ang ibinibigay Ko sa inyo." Juan 14:27.

Sinasabi ng ating Panginoon, Kung sinusumbatan ka ng kasalanan, alalahanin mong Ako'y namatay dahil sa iyo. Pagka ikaw ay sinisikil at inuusig at dinadalamhati nang dahil sa Akin at sa ebanghelyo, alalahanin mo ang Aking pag-ibig, na gayon na lamang kalaki na anupa't ibinigay Ko ang Aking buhay. Pagka ang mga tungkulin mo ay waring mahigpit at mahirap, at ang iyong mga pinapasan ay totoong mabigat upang iyong madala, alalahanin mong dahil sa iyo ay nagtiis Ako ng krus, na niwalang-halaga ang kahihiyan. Pagka ang puso mo'y nauupos sa mahigpit na pagsubok, alalahanin mong ang iyong Manunubos ay nabubuhay upang mamagitan sa iyo.

Ang palatuntunan ng Komunyon ay nagtuturo sa ikalawang pagdating ni Kristo. Ito'y pinanukala upang panatilihing buhay sa isip ng mga alagad ang pag-asang ito. Kailanma't sila'y sama-

samang nagpupulong upang alalahanin ang Kaniyang pagkamatay, ay kanilang paulitulit na isinasaysay kung paanong "dumampot Siya ng isang saro, at nagpasalamat, at ibinigay sa kanila, na nagsasabi, Magsiinom kayong lahat diyan; sapagka't ito ang Aking dugo ng bagong tipan, na nabubuhos dahil sa marami sa ikapagpapatawad ng mga kasalanan. Datapwa't sinasabi Ko sa inyo, na buhat ngayon ay hindi na Ako iinom nitong bunga ng ubas, hanggang sa araw na yaon na inumin Kong panibago na mga kasalo Ko kayo sa kaharian ng Aking Ama." Sa kanilang kadalamhatian ay nakasumpong sila ng kaaliwan sa pag-asa na magbabalik ang kanilang Panginoon. Ang lubhang mahalaga sa kanila ay ang isipang, "Sa tuwing kanin ninyo ang tinapay na ito, at inuman ninyo ang saro, ay inihahayag ninyo ang pagkamatay ng Panginoon hanggang sa dumating Siya." 1 Corinto 11:26. [958]

Ito ang mga bagay na di-kailanman natin dapat limutin. Ang pag-ibig ni Jesus, na taglay ang pumipilit na kapangyarihan nito, ay dapat pamalagiing sariwa sa ating alaala. Itinatag ni Kristo ang serbisyo o palatuntunang ito upang ito'y magsalita sa ating mga pang-unawa ng tungkol sa pag-ibig ng Diyos na ipinahayag sa ikabubuti natin. Hindi magkakaisa ang ating mga kaluluwa at ang Diyos maliban na sa pamamagitan ni Kristo. Ang pagkakaisa at pag-iibigan ng magkakapatid ay dapat mapagtibay at maging walang-hanggan sa pamamagiran ng pag-ibig ni Jesus. At ang pagkamatay lamang ni Kristo ang makapagbibigay ng bisa sa pag-ibig Niya sa atin. Dahil lamang sa Kaniyang pagkamatay kaya tayo'y makaaasa't makapaghihintay na may kagalakan sa Kaniyang ikalawang pagdating. Ang Kaniyang sakripisyo o pagpapakasakit ay siyang sentro ng ating pag-asa. Dito natin dapat ituon ang ating pananampalataya.

Ang mga palatuntunang nakaturo sa pagpapakababa at paghihirap ng ating Panginoon ay itinuturing ng iba na lubhang pakitang-tao lamang. Ang mga ito ay itinatag dahil sa isang layunin. Ang ating mga diwa o mga pandama ay kailangang gisingin o pasiglahin upang makapanghawak sa hiwaga ng kabanalan. Isang karapatan ng lahat na maunawaan, nang higit pa sa pagkaunawa natin, ang tumutubos na mga paghihirap ni Kristo. "Kung paanong itinaas ni Moises ang ahas sa ilang," gayundin naman itinaas ang Anak ng tao, "upang ang sinumang sumampalataya sa Kaniya ay huwag mapahamak,

kundi magkaroon ng buhay na walang-hanggan." Juan 3:14, 15. Dapat tayong tumingin sa krus ng Kalbaryo, na doo'y nakabayubay ang pumapanaw na Tagapagligtas. Hinihingi ng walang-hanggang ikabubuti natin na ipakita ang ating pananampalataya kay Kristo.

Sinabi ng ating Panginoon, "Maliban nang inyong kanin ang
[959] laman ng Anak ng tao, at inumin ang Kaniyang dugo, ay wala kayong buhay sa inyong sarili. ... Sapagka't ang Aking laman ay tunay na pagkain, at ang Aking dugo ay tunay na inumin." Juan 6:53-55. Ito ay totoo sa ating katawang laman. Ang buhay natin sa lupa ay utang natin sa pagkamatay ni Kristo. Ang tinapay o pagkaing ating kinakain ay binili ng Kaniyang nawaray o nasugatang katawan. Ang tubig na ating iniinom ay binili ng Kaniyang natigis na dugo. Wala isa mang tao, banal o makasalanan man, na kumakain ng kaniyang pagkain araw-araw, nang hindi siya pinakakain ng katawan at ng dugo ni Kristo. Ang krus ng Kalbaryo ay nakatatak sa bawa't hiwa ng tinapay. Ito'y nasasalamin o naaaninag sa bawa't bukal ng tubig. Ang lahat ng ito ay itinuro ni Kristo nang piliin Niya ang mga sagisag ng Kaniyang malaking sakripisyo. Ang liwanag na nagbubuhat sa palatuntunan ng Komunyon sa silid sa itaas ay nagpapabanal sa mga pagkain o mga pangangailangan natin sa ating kabuhayan sa araw-araw. Ang dulang ng sambahayan ay nagiging hapag ng Panginoon, at ang bawa't pagkain ay nagiging sakramento.

At gaano pa nga katotoo ang mga salita ni Kristo tungkol sa ating likas na ukol sa espiritu. Sinasabi Niya, "Ang kumakain ng Aking laman, at umiinom ng Aking dugo, ay may buhay na walang-hanggan." Kung tinatanggap natin ang buhay na ibinuhos para sa atin sa krus ng Kalbaryo, saka pa lamang tayo makapamumuhay ng kabuhayang may kabanalan. At ang buhay na ito ay tinatanggap natin sa pamamagitan ng pagtanggap sa Kaniyang salita, sa pamamagitan ng pagganap ng mga bagay na Kaniyang iniuutos. Sa gayo'y nagiging kaisa Niya tayo. "Ang kumakain ng Aking laman," sinasabi Niya, "at umiinom ng Aking dugo, ay nananahan sa Akin, at Ako'y sa kaniya. Kung paanong sinugo Ako ng Amang buhay, at Ako'y nabubuhay sa pamamagitan ng Ama: gayundin naman ang
[960] kumakain sa Akin, siya nama'y nabubuhay sa pamamagitan Ko."
[961] Juan 6:54, 56, 57. Tanging-tangi nang nalalapat ang kasulatang ito sa banal na Komunyon. Habang binubulay ng pananampalataya ang malaking sakripisyo ng ating Panginoon, ay tinatanggap ng kaluluwa

ang kabuhayang espirituwal ni Kristo. Tatanggap ng kalakasang espirituwal ang kaluluwang yaon sa bawa't Komunyon. Ang palatuntunan ng Komunyon ay nagbibigay ng buhay na pagkakaugnay na sa ,pamamagitan nito'y naitatali kay Kristo ang sumasampalataya, at gayo'y naitatali rin sa Ama. Sa isang tanging diwa o isipan ay pinag-uugnay nito ang mga umaasang tao at ang Diyos.

Pagka tinanggap natin ang tinapay at alak na sumasagisag sa nasugatang katawan at natigis na dugo ni Kristo, sa guni-guni'y nakikisama tayo sa tagpo ng Komunyon sa silid sa itaas. Tayo'y waring dumaraan sa halamanang itinalaga't pinabanal ng paghihirap Niya na nagpasan ng mga kasalanan ng sanlibutan. Nasasaksihan natin ang pakikipagpunyagi Niya na sa pamamagitan nito'y nakamtan natin ang pakikipagkasundo sa Diyos. Si Kristo ay nahahayag na ipinako sa gitna natin.

Sa pagtingin natin sa ipinako-sa-krus na Manunubos, ay lalong lubos nating nauunawaan ang kalakhan at kahulugan ng pagpapakasakit na ginawa ng Hari ng langit. Naluluwalhati sa harapan natin ang panukala ng pagliligtas, at ang paggunita sa Kalbaryo ay gumigising ng buhay at banal na damdamin sa ating mga puso. Pagpupuri sa Diyos at sa Kordero ay sasaating mga puso at mga labi; sapagka't ang pagmamataas at ang pagsambasa-sarili ay hindi makayayabong sa kaluluwang laging pinanariwa sa alaala ang mga tanawin ng Kalbaryo.

Ang tumitingin sa walang-kapantay na pag-ibig ng Tagapagligtas ay magiging marangal ang pag-iisip, madadalisay ang puso, at mababago ang likas. Siya'y hahayo upang maging isang ilaw sa
sanlibutan, at upang ianinag ang mahiwagang pag-ibig na ito. Ha- [962]
bang lalo nating binubulay ang krus ni Kristo, lalo namang lubos nating gagamitin ang pangungusap ng apostol nang kaniyang sabihing, "Malayo nawa sa akin ang pagmamapuri, maliban na sa krus ng ating Panginoong Jesukristo, na sa pamamagitan niyao'y ang sanlibutan ay napako sa krus sa ganang akin, at ako'y sa sanlibutan."
Galacia 6:14. [963]

# Kabanata 73—“Huwag Magulumihanan ang Inyong Puso”

Ang kabanatang ito ay batay sa Juan 13:31-38; 14-17.

Nakatingin sa Kaniyang mga alagad na taglay ang banal na pag-ibig at ang pinakamagiliw na pagmamahal, si Kristo ay nagwika, “Ngayon ay niluluwalhati ang Anak ng tao, at ang Diyos ay niluluwalhati sa Kaniya.” Iniwan na ni Judas ang silid sa itaas, at nag-iisa na si Kristong kasama ng labing-isa. Sasabihin na Niya ang nalalapit na Niyang paglisan sa kanila; ngunit bago Niya ginawa ito ay itinuro muna Niya ang dakilang layunin ng Kaniyang misyon. Ito ang pinanatili Niyang nasa harap Niya. Ikinaligaya Niya na ang Kaniyang pagpapakababa at paghihirap ay makaluluwalhati sa pangalan ng Ama. Dito Niya una munang itinuon ang mga pag-iisip ng Kaniyang mga alagad.

Pagkatapos na matawag Niya sila sa magiliw na taguring, “Maliliit na anak,” ay sinabi Niya, “sumasainyo pa Ako ng kaunting panahon. Ako’y inyong hahanapin: at gaya ng sinabi Ko sa mga Hudyo, Sa paroroonan Ko, ay hindi kayo mangakaparoroon; gayon ang sinasabi Ko sa inyo ngayon.”

Hindi nakapagdulot ng kagalakan sa mga alagad ang napakinggang ito. Sinidlan sila ng takot. Nagsiksikan silang palapit sa
[964] palibot ng Tagapagligtas. Ang kanilang Guro at Panginoon, ang minamahal nilang Tagapagturo at Kaibigan, Siya’y lalong mahal nila kaysa buhay. Siya ang inasahan nilang tutulong sa lahat nilang mga kahirapan, siyang aaliw sa kanilang mga kalumbayan at mga pagkabigo. Ngayon ay lilisanin Niya sila, na isang malungkot at mahinang pulutong. Malungkot na salagimsin ang pumuno sa kanilang mga puso.

Datapwa’t ang mga salita sa kanila ng Tagapagligtas ay puno ng pag-asa. Batid Niyang sila’y sasalakayin ng kaaway, at ang katusuhan ni Satanas ay lubos na nananagumpay laban sa mga nanlulupaypay dahil sa mga kahirapan. Kaya nga pinawi Niya sa

kanilang isip "ang mga bagay na nangakikita," at ibinaling "sa mga bagay na hindi nangakikita." 2 Corinto 4:18. Inalis Niya sa kanilang mga isip ang pagiging mga bihag sa lupa at ibinaling sa tahanan sa langit.

"Huwag magulumihanan ang inyong puso," wika Niya; "magsisampalataya kayo sa Diyos, magsisampalataya naman kayo sa Akin. Sa bahay ng Aking Ama ay maraming tahanan: kung di gayon, ay sinabi Ko sana sa inyo. Ako'y paroroon upang ipaghanda Ko kayo ng dakong kalalagyan. At kung Ako'y pumaroon at kayo'y maipaghanda ng kalalagyan, ay muling paririto Ako, at kayo'y tatanggapin Ko sa Aking sarili; upang kung saan Ako naroroon, kayo naman ay dumoon. At kung saan Ako paroroon ay nalalaman ninyo, at nalalaman ninyo ang daan." Alang-alang sa inyo ay naparito Ako sa sanlibutan. Ako'y gumagawa sa kapakinabangan ninyo. Pagalis Ko, masikap pa rin Akong gagawa para sa inyo. Naparito Ako sa sanlibutan upang ihayag ang Aking sarili sa inyo, upang kayo'y magsisampalataya. Paroroon Ako sa Ama upang makipagtulungan sa Kaniya sa ikabubuti ninyo. Ang layunin ni Kristo sa pag-alis ay katuwas ng pinangangambahan ng mga alagad. Hindi iyon nangangahulugang tuluyan na silang maghihiwalay.
Siya'y aalis upang maghanda ng isang lugar para sa kanila, upang [965]
makabalik Siya uli, at sila'y matanggap Niya sa Kaniyang sarili. [966]
Habang Siya'y nagtatayo ng mga tahanan para sa kanila, sila naman ay dapat magtayo ng mga likas ayon sa wangis ng Diyos.

Gayunma'y natitilihan pa rin ang mga alagad. Si Tomas, na laging binabagabag ng mga alinlangan, ay nagsabi, "Panginoon, hindi namin nalalaman kung saan Ka paroroon; at paano ngang malalaman namin ang daan? Sinabi sa kaniya ni Jesus, Ako ang daan, ang katotohanan, at ang buhay: sinuman ay di makaparoroon sa Ama, kundi sa pamamagitan Ko. Kung Ako'y nangakilala ninyo, ay mangakikilala rin ninyo ang Aking Ama: at buhat ngayon ay Siya'y inyong mangakikilala, at Siya ay inyong nakita."

Hindi marami ang daang patungo sa langit. Maaaring hindi mapili ng bawa't isa ang sarili niyang daan. Sinasabi ni Kristo, "Ako ang daan: ... sinuman ay di makaparoroon sa Ama, kundi sa pamamagitan Ko." Buhat nang ang unang sermon ng ebanghelyo ay ipangaral, nang sa Eden ay sabihing ang binhi ng babae ay siyang dudurog sa ulo ng ahas, si Kristo ay ibinunyi na bilang ang daan,

ang katotohanan, at ang buhay. Siya ang daan nang si Adan ay nabubuhay, nang ihandog ni Abel sa Diyos ang dugo ng korderong pinatay, na kumakatawan sa dugo ng Manunubos. Si Kristo ang daan na sa pamamagitan Niya ay nangaligtas ang mga patriarka at mga propeta. Siya ang daan na sa pamamagitan lamang Niya makalalapit tayo sa Diyos.

"Kung Ako'y nangakilala ninyo," winika ni Kristo "ay mangakikilala rin ninyo ang Aking Ama: at buhat ngayon ay Siya'y inyong mangakikilala, at Siya ay inyong nakita." Nguni't hindi pa rin naunawaan ng mga alagad. "Panginoon, ipakita Mo sa amin ang
[967] Ama." wika ni Felipe, "at sukat na ito sa amin."

Sa Kaniyang panggigilalas dahil sa kapurulan ng pangunawa ni Felipe, may pagtatakang tinanong siya ni Kristo, "Malaon nang panahong Ako'y inyong kasama, at hindi mo Ako nakikilala, Felipe?" Mangyayari kaya na hindi Mo nakikita ang Ama sa mga gawang ginagawa Niya sa pamamagitan Ko? Hindi ka ba naniniwalang Ako'y naparito upang magpatotoo tungkol sa Ama? "Paanong sinasabi mo, Ipakita Mo sa amin ang Ama?" "Ang nakakita sa Akin ay nakakita sa Ama." Hindi naalis kay Kristo ang pagka-Diyos nang Siya ay maging tao. Bagaman Siya'y nagpakababa sa mga tao, nasa Kaniya pa rin ang pagka-Diyos. Si Kristo lamang ang maaaring maging kinatawan ng Ama sa sangkatauhan, at naging karapatan ng mga alagad na sa loob ng mahigit na tatlong taon ay makita ang ganitong pagiging-kinatawan ni Kristo.

"Magsisampalataya kayo sa Akin na Ako'y nasa Ama, at ang Ama ay nasa Akin: o kaya'y magsisampalataya kayo sa Akin dahil sa mga gawa rin." Ang kanilang pananampalataya ay mangyayaring buong kapanatagang manghawak sa katunayang ibinibigay sa mga gawa ni Kristo, mga gawang sa sarili ng tao ay hindi nito magagawa kailanman. Ang mga gawa ni Kristo ay nagpatunay na Siya ay Diyos. Nahayag ang Ama sa pamamagitan Niya.

Kung pinaniwalaan ng mga alagad ang mahalagang pagkakaugnay na ito ng Ama at ng Anak, hindi sana sila tinakasan ng pananampalataya nang makita nila ang paghihirap at pagkamatay ni Kristo upang iligtas ang napapahamak na sanlibutan. Pinagsikapan ni Kristong alisin sila mula sa kanilang mababang kalagayan ng pananampalataya upang mailipat sa karanasang matatanggap nila kung tunay lamang na kikilanlin nila kung sino Siya— Diyos na nagkatawang-

tao. Nais Niyang makita na ang kanilang pananampalataya ay matuon sa Diyos, at manatiling nagtitibay roon. Gaano ngang pag-
sisikap at pagtitiyaga ang ginawa ng ating maawaing Tagapagligtas [968]
upang maihanda ang mga alagad Niya sa bagyo ng tukso na malapit nang manalasa sa kanila. Nais Niyang sila'y makubling kasama Niya sa Diyos.

Nang sinasalita ni Kristo ang pangungusap na ito, ay naglili-wanag sa Kaniyang mukha ang kaluwalhatian ng Diyos, at lahat ng mga naroroon ay sinidlan ng banal na takot habang sila'y mata-mang nagsisipakinig sa Kaniyang mga salita. Lalo pang tiyakang nahilang palapit sa Kaniya ang kanilang mga puso; at habang sila'y nahihilang palapit kay Kristo nang may lalong malakmg pagibig, ay lalo namang nagkakaugnay ang kanilang mga puso sa isa't isa. Naramdaman nilang napakalapit ang langit, at ang mga salitang pinakinggan nila ay isang pasabi sa kanila ng kanilang Amang nasa langit.

"Katotohanan, katotohanang sinasabi Ko sa inyo," patuloy na wika ni Kristo, "ang sa akin ay sumasampalataya, ay gagawin din naman niya ang mga gawang Aking ginagawa." Labis na hinahangad ng Tagapagligtas na maintindihan ng Kaniyang mga alagad kung sa anong layunin inilakip o ipinakipagkaisa sa sangkatauhan ang Kaniyang pagka-Diyos. Naparito Siya sa sanlibutan upang itanghal ang kaluwalhatian ng Diyos, upang ang tao'y maitaas sa pamam-agitan ng nagsasauling kapangyarihan nito. Nahayag ang Diyos sa Kaniya upang Siya nama'y ma hayag sa kanila. Hindi nagpakita si Jesus ng mga katangian, at hindi gumamit ng mga kapangyarihan, na maaaring wala sa mga tao sa pamamagitan ng pagsampalataya sa Kaniya. Ang Kaniyang sakdal na pagiging-tao ay siyang maaaring maangkin ng Kaniyang mga tagasunod, kung sila ay pasasakop sa Diyos na gaya naman Niya.

"At lalong dakilang mga gawa kaysa rito ang gagawin niya; sapagka't Ako'y paroroon sa Aking Ama." Hindi ang ibig sabihin ni Kristo nito ay ang gawain ng mga alagad ay magiging lalo pang mataas ang uri kaysa Kaniya, kundi iyon ay magiging lalo pang
malaganap. Ang tinukoy Niya ay hindi lamang ang paggawa ng [969]
kababalaghan, kundi ang lahat ng magaganap sa ilalim ng paggawa ng Espiritu Santo.

Pagkaakyat sa langit ng Panginoon, nadama ng mga alagad ang pagkatupad ng Kaniyang pangako. Ang mga tanawin o mga tagpo ng pagpapako sa krus, pagkabuhay na mag-uli, at pag-akyat sa langit ni Kristo ay isang buhay na katotohanan sa kanila. Nakita nilang literal na nangatupad ang mga hula. Sinaliksik nila ang mga Kasulatan, at tinanggap nila ang mga itinuturo nito nang may pananampalataya at katiyakan na di-nakikilala nang una. Nakilala nilang ang kanilang banal na Guro ay siya ngang kabuuan ng inangkin Niya. Nang saysayin nila ang kanilang karanasan, at ibunyi ang pag-ibig ng Diyos, ay lumambot at nasupil ang mga puso ng mga tao, at mga karamihan ang nagsisampalataya kay Jesus.

Ang pangako ng Tagapagligtas sa Kaniyang mga alagad ay isa ring pangako sa Kaniyang iglesya hanggang sa katapusan ng panahon. Hindi binalak ng Diyos na ang kahanga-hanga Niyang panukala na tubusin ang mga tao ay makagawa lamang ng mga maliliit na bunga. Lahat ng mga magsisigawa, na hindi nagtitiwala sa magagawa ng kanilang mga sarili, kundi sa magagawa ng Diyos sa kanila at sa pamamagitan nila, ay tiyak na makakakita ng pagkatupad ng Kaniyang pangako. "Lalong dakilang mga gawa kaysa rito ang gagawin niya," ang wika Niya, "sapagka't Ako'y paroroon sa Aking Ama."

Hanggang sa sandaling ito ay hindi pa napagkikilala ng mga alagad ang walang-pagkaubos na bukal ng lakas at kapangyarihan ng Tagapagligtas. Sinabi Niya sa kanila, "Hanggang ngayo'y wala pa kayong hinihinging anuman sa pangalan Ko." Juan 16:24. Ipinaliwanag Niya na ang lihim ng kanilang tagumpay ay nasa paghingi ng lakas at biyaya sa Kaniyang pangalan. Siya ang haharap sa Ama
[970] upang siyang makiusap para sa kanila. Ang panalangin ng abang nakikiusap ay inihaharap Niya na parang sarili Niyang pakiusap alang-alang sa kaluluwang yaon. Bawa't tapat na panalangin ay pinakikinggan sa langit. Maaaring hindi iyon maipahayag nang buong katatasan; subali't kung iyon ay taimtim sa puso, iyon ay paiilanlang sa santuwaryo na doon naglilingkod si Jesus, at iyon ay ihaharap Niya sa Ama nang walang isa mang pautal-utal na salita, na maganda at pinabango ng kamanyang ng sarili Niyang kasakdalan.

Ang landas ng pagtatapat at kalinisang-budhi ay hindi isang landas na walang mga hadlang, nguni't sa bawa't hadlang o kahirapan ay dapat tayong tumawag sa panalangin. Walang sinumang

nabubuhay na may angking kapangyarihan na hindi niya tinanggap sa Diyos, at ang bukal na pinagmumulan nito ay bukas sa pinakamahinang taong kinapal. "Anumang inyong hingin sa Aking pangalan," sabi ni Jesus, "ay yaon ang Aking gagawin upang ang Ama ay lumuwalhati sa Anak. Kung kayo'y magsisihingi ng anuman sa pangalan Ko, ay yaon ang Aking gagawin."

Ang bilin ni Jesus sa Kaniyang mga alagad ay manalangin "sa Aking pangalan." Sila'y titindig sa harapan ng Diyos sa pangalan ni Kristo. Sa pamamagitan ng halaga ng sakripisyong ginawa para sa kanila, ay nagiging mahalaga sila sa paningin ng Panginoon. Dahil sa ibinilang na katwiran ni Kristo sa kanila ay sila'y itinuturing na mahalaga. Alang-alang kay Kristo ay pinatatawad ng Panginoon ang mga nangatatakot sa Kaniya. Hindi Niya nakikita sa kanila ang kaimbihan ng makasalanan. Ang nakikita Niya sa kanila ay ang wangis ng Kaniyang Anak, na kanilang sinasampalatayanan.

Nabibigo ang Panginoon pagka mababa ang ginagawa nilang pagpapahalaga sa kanilang mga sarili. Ang hinahangad Niya'y pahalagahan ng Kaniyang mga hinirang ang mga sarili nila ayon sa pagpapahalaga Niya sa kanila. Kailangan sila ng Diyos, kung hindi [971]
ay hindi Niya sana sinugo ang Kaniyang Anak sa isang napakahalagang gawain upang sila'y tubusin. Mayroon Siyang paggagamitan sa kanila, at Siya'y totoong nalulugod kung sila'y humihingi sa Kaniya ng napakalalaki, upang maluwalhati nila ang Kaniyang pangalan. Makaaasa sila ng malalaking bagay kung mayroon silang pananampalataya sa Kaniyang mga pangako.

Nguni't ang manalangin sa pangalan ni Kristo ay nangangahulugan nang malaki. Ito'y nangangahulugang tatanggapin natin ang Kaniyang likas, ipakikita ang Kaniyang espiritu o diwa, at gagawin ang Kaniyang mga gawa. Nakabatay sa kondisyon ang pangako ng Tagapagligtas. "Kung Ako'y inyong iniibig," wika Niya, "ay tutuparin ninyo ang Aking mga utos." Inililigtas Niya ang mga tao, hindi sa kasalanan, kundi mula sa paggawa ng kasalanan; at ang lahat ng mga umiibig sa Kaniya ay magpapakita ng kanilang pag-ibig sa pamamagitan ng pagtalima o pagsunod.

Ang lahat ng tunay na pagtalima ay nagbubuhat sa puso. Ito ay gawain ng puso sa ganang kay Kristo. At kung tayo'y sumasang-ayon, ay makikiisa Siya sa ating mga iniisip at mga nilalayon, at ipakikiisa ang ating mga puso at mga pag-iisip sa Kaniyang

kalooban, na anupa't sa pagtalima natin sa Kaniya ay sinusunod lamang natin ang sariling udyok ng ating puso o damdamin. Ang kalooban, na nalinis at pinabanal, ay.makakasumpong ng lubos at ganap na kaluguran sa paglilingkod sa Kaniya. Kung nakikilala natin ang Diyos yamang karapatan nating makilala Siya, ang ating buhay ay magiging isang buhay na patuloy sa pagtalima. Sa pamamagitan ng pagpapahalaga sa likas ni Kristo, at sa pamamagitan ng pakikiugnay at pakikipag-usap sa Diyos, ay kapopootan natin ang kasalanan.

[972] Kung paanong sa pagkatao ay isinakabuhayan ni Kristo ang kautusan, gayundin magagawa natin ito kung manghahawak tayo sa Malakas o Makapangyarihan para sa kailangang kalakasan. Subali't hindi natin dapat ilagay sa kapanagutan ng iba ang ating tungkulin, at hintayin nating sila ang magsabi sa atin ng kung ano ang ating gagawin. Hindi natin maaasahan ang payo ng tao. Ang Panginoon ay magiging handang ituro sa atin ang ating mga tungkulin gaya ng pagiging handa Niyang ituro ito sa mga iba. Kung lalapit tayo sa Kaniya na may pananampalataya, sasabihin Niya sa atin nang personal ang Kaniyang mga hiwaga. Malimit na mag-aalab ang ating mga puso sa loob natin pagka may Isa na lumalapit upang makipag-usap sa atin gaya nang nakipag-usap Siya kay Enoc. Lahat ng mga nagpapasiyang hindi gagawa ng anumang di-kasiya-siya sa kalooban ng Diyos, ay makaaalam kung ano ang hakbang na gagawin nila, pagkatapos na maiharap nila sa Kaniya ang kanilang kaso o kalagayan. At sila'y tatanggap hindi lamang ng karunungan, kundi ng kalakasan din naman. Bibigyan sila ng kapangyarihan upang sila'y makapaglingkod, gaya ng ipinangako ni Kristo. Anumang ibinigay kay Kristo—ang "lahat ng mga bagay" na makatutustos sa pangangailangan ng nagkasalang mga tao—ay ibinigay sa Kaniya na pangulo at kinatawan ng sangkatauhan. At "anumang ating hingin, ay tinatanggap natin sa Kaniya, sapagka't tinutupad natin ang Kaniyang mga utos, at ginagawa natin ang mga bagay na kalugod-lugod sa Kaniyang paningin." 1 Juan 3:22.

Bago inialay ni Kristo ang Kaniyang sarili bilang isang hain, hinanap muna Niya ang lalong mahalaga at ganap na kaloob na maibibigay sa Kaniyang mga tagasunod, isang kaloob na maghahatid sa kanila ng walang hanggang kayamanan ng biyaya. "Ako'y dadalangin sa Ama," sabi Niya, "at kayo'y bibigyan Niya ng isang

Mang-aaliw, upang Siya'y sumainyo magpakailanman; samakatwid baga'y ang Espiritu ng katotohanan; na hindi matatanggap ng sanlibutan, sapagka't hindi nito Siya nakikita, ni nakikilala man Siya: nguni't Siya'y nakikilala ninyo; sapagka't Siya'y tumatahan sa inyo, at sasainyo. Hindi Ko Kayo iiwang [ulila] mag-isa: Ako'y paririto sa inyo." Juan 14:16-18. [973]

Nasa sanlibutan na ang Espiritu bago pa dumating ang panahong ito; buhat pa nang pasimulan ang gawain ng pagtubos ay kumikilos na Siya sa puso ng mga tao. Datapwa't samantalang nasa lupa pa si Kristo, ay hindi naghangad ng iba pang katulong ang mga alagad. Hindi hanggang sa Siya'y hindi na nila makakasama saka nila mararamdaman ang pangngangailangan nila ng Espiritu, at pagkatapos Siya naman ay darating.

Ang Banal na Espiritu ay siyang kinatawan ni Kristo, nguni't wala itong katawan ng tao, at hiwalay sa katawan ng tao. Palibhasa si Kristo'y nasa katawan ng tao, ay hindi maaaring Siya'y mapasalahat ng dako nang personal. Kaya nga alang-alang sa kanilang ikabubuti ay paroroon Siya sa Ama, at isusugo naman ang Espiritu upang maging kahalili Niya sa lupa. Sa ganito ay walang sinumang makalalamang nang dahil sa siya'y malapit kay Kristo o dahil sa kaniyang kalagayan. Sa pamamagitan ng Espiritu ay nagiging malapit ang Tagapagligtas sa lahat. Sa ganitong diwa o isipan ay magiging higit Siyang malapit sa kanila kaysa kung hindi Siya umakyat sa itaas.

"Ang umiibig sa Akin ay iibigin ng Aking Ama, at siya'y iibigin Ko, at Ako'y magpapakahayag sa kaniya." Nakita ni Jesus ang sasapitin sa hinaharap ng Kaniyang mga alagad. Nakita Niyang ang isa'y dinala sa pugutan ng ulo, ang isa'y sa krus, ang isa'y sa pagkatapon sa gitna ng mapanglaw na kabatuhan ng dagat, at ang iba'y pinag-usig at pinatay. Pinalakas Niya ang loob nila sa pamamagitan
ng pangakong Siya ang magiging kasama nila sa bawa't pagsubok. [974]
Ang pangakong yaon ay hindi pa nababawasan ng lakas hanggang ngayon. Nalalaman ng Panginoon ang lahat tungkol sa Kaniyang mga tapat na lingkod na alang-alang sa Kaniya ay nangabibilanggo o kaya'y nangapapatapon sa mapanglaw na pulo. Inaaliw Niya sila sa pamamagitan ng Kaniyang pakikisama. Pagka alang-alang sa katotohanan ang sumasampaiatalya'y tumatayo sa harap ng mga likong hukuman, si Kristo'y nakatayo rin sa tabi niya. Lahat ng mga

pag-upasala sa kaniya, ay pag-upasala rin kay Kristo. Muli at muling hinahatulan si Kristo sa katauhan ng Kaniyang alagad. Pagka ang isa ay ipinipiit sa bilangguan, inaaliw ni Kristo ang puso sa pamamagitan ng Kaniyang pag-ibig. Pagka ang isa'y nagdusa ng kamatayan alang-alang sa Kaniya, ay sinasabi ni Kristo, "Ako ang nabubuhay, at Ako'y namatay; at, narito, Ako'y nabubuhay magpakailanman, ... at nasa Akin ang mga susi ng impiyerno at ng kamatayan." Apocalipsis 1:18. Ang buhay na inihain o isinakripisyo dahil sa Akin ay iniingatan hanggang sa kaluwalhatiang walang-hanggan.

Sa lahat ng panahon at sa lahat ng mga pook, sa lahat ng mga kalungkutan at sa lahat ng mga kadalamhatian, pagka waring madilim ang namamalas at ang hinaharap ay waring nakalilito, at tayo'y nakakaramdam ng kawalang-magagawa at ng pag-iisa, ay isusugo ang Mang-aaliw bilang tugon sa panalanging may pananampalataya. Maaaring tayo'y ihiwalay ng mga pangyayari sa bawa't kaibigan natin sa lupa; gayunma'y walang pangyayari, walang malayong agwat, na makapaghihiwalay sa atin sa Mang-aaliw ng langit. Saanman tayo naroroon, saanman tayo pumunta, Siya'y laging nasa ating kanan upang magtaguyod, kumatig, umalalay, at umaliw.

Hindi pa rin naintindihan ng mga alagad ang kahulugang espirituwal ng mga salita ni Kristo, at kaya nga muli Niyang ipinaliwanag
[975] ang ibig Niyang sabihin. Sa pamamagitan ng Espiritu, wika Niya, ay ihahayag Niya ang Kaniyang sarili sa kanila. "Ang Mang-aaliw, samakatwid baga'y ang Espiritu Santo, na susuguin ng Ama sa Aking pangalan, Siya ang magtuturo sa inyo ng lahat ng mga bagay." Hindi na ninyo sasabihing, Hindi ko maintindihan. Hindi na kayo titingin nang malabo sa isang salamin. Inyo nang magagawang "matalastas na kasama ng lahat ng mga banal kung ano ang luwang, at ang haba, at ang lalim at ang taas; at makilala ang pag-ibig ni Kristo, na di-masayod ng kaalaman." Efeso 3:18, 19.

Ang mga alagad ay siyang magpapatotoo sa naging buhay at gawain ni Kristo. Sila ang magiging bibig Niya sa lahat ng mga tao sa ibabaw ng lupa. Datapwa't sa pagkadusta at pagkamatay ni Kristo ay magdaranas sila ng malaking pagsubok at pagkabigo. Upang pagkatapos ng karanasang ito ay maging husto o tama ang kanilang pananalita, ay ipinangako ni Jesus na ang Mang-aaliw ay

siyang "magpapaalaala sa inyo ng lahat ng mga bagay, na sa inyo'y Aking sinabi."

"Mayroon pa Akong maraming bagay na sa inyo ay sasabihin," patuloy pa Niya, "nguni't ngayon ay hindi ninyo mangatitiis. Gayunma'y kung Siya, ang Espiritu ng katotohanan, ay dumating, ay papatnubayan Niya kayo sa buong katotohanan: sapagka't hindi Siya magsasalita ng mula sa Kaniyang sarili, kundi ang anumang bagay na Kaniyang marinig, ang mga ito ang Kaniyang sasalitain: at Kaniyang ipapahayag sa inyo ang mga bagay na magsisirating. Luluwalhatiin Niya Ako: sapagka't kukuha Siya sa nasa Akin, at sa inyo'y ipahahayag." Binuksan ni Jesus sa harap ng Kaniyang mga alagad ang isang malaking hanay ng katotohanan. Subali't napakahirap sa ganang kanila na ang Kaniyang mga aral ay ihiwalay sa mga sali't saling sabi at mga kasabihan ng mga eskriba at mga Pariseo. Sila'y naturua't nasanay na tanggapin ang turo ng mga rabi bilang siyang tinig ng Diyos, at ito'y nananatili pa ring may kapangyarihan [976]
sa kanilang mga isip, at humuhugis ng kanilang mga damdamin. Ang mga kuru-kurong makalupa, ang mga bagay na lumilipas, ay may malaking lugar pa rin sa kanilang mga pag-iisip. Hindi nila naunawaan ang likas na espirituwal ng kaharian ni Kristo, bagaman ito'y malimit na Niyang ipaliwanag sa kanila. Nalito na ang kanilang mga isip. Hindi nila naunawaan ang halaga ng mga kasulatang ipinakilala ni Kristo. Marami sa Kaniyang mga turo o aral ay waring nawala na sa kanila. Nakita ni Jesus na hindi sila nanghawak sa tunay na kahulugan ng Kaniyang mga salita. Buong kahabagang ipinangako Niya na ang Banal na Espiritu ay siyang magpapaalaala ng mga salitang ito sa kanilang mga pag-iisip. At hindi na Niya sinabi ang marami pang ibang bagay na hindi maunawaan ng mga alagad. Ang mga ito rin naman ay ihahayag sa kanila ng Espiritu. Ang Espiritu ang gigising o pupukaw ng kanilang pang-unawa, upang magkaroon sila ng pagpapahalaga sa mga bagay ng langit. "Kung Siya, ang Espiritu ng katotohanan, ay dumating," wika ni Jesus, "ay papatnubayan Niya kayo sa buong katotohanan."

Ang Mang-aaliw ay tinatawag na "Espiritu ng katotohanan." Ang gawain Niya ay linawin at pamalagiin ang katotohanan. Siya'y unang tumatahan sa puso bilang Espiritu ng katotohanan, at sa ganito'y nagiging Mangaaliw Siya. May kaaliwan at kapayapaan sa katotohanan, subali't walang masusumpungang tunay na kapayapaan

at kaaliwan sa kasinungalingan. Sa pamamagitan ng mga bulaang teorya at mga sali't saling sabi ay napapasakapangyarihan ni Satanas ang pag-iisip. Sa pamamagitan ng pag-akay niya sa mga tao sa mga maling pamantayan, ay sinisira niya ang likas. Sa pamamagitan ng mga Kasulatan ay nagsasalita ang Banal na Espiritu sa pag-iisip, at
[977] ikinikintal sa puso ang katotohanan. Sa ganitong paraan ibinubunyag Niya ang mali, at pinalalayas ito sa kaluluwa. Sa pamamagitan ng Espiritu ng katotohanan, na gumagawa sa pamamagitan ng salita ng Diyos, pinasusuko ni Kristo sa Kaniya rin ang Kaniyang hinirang na bayan.

Nang ilarawan ni Jesus sa Kaniyang mga alagad ang tungkulin at gawain ng Espiritu Santo, ay sinikap Niyang mapasigla sila sa tuwa at pag-asa na nagpapasigla rin sa sarili Niyang puso. Natuwa Siya dahil sa masaganang tulong na nailaan Niya para sa Kaniyang iglesya. Ang Espiritu Santo ay siyang kataas-taasan sa lahat ng mga kaloob na mahihingi Niya sa Kaniyang Ama para sa ikatataas ng Kaniyang bayan. Ang Espiritu ay dapat ibigay bilang isang kapangyarihang bumubuhay, at kung ito'y wala ay mawawalan ng kabuluhan ang sakripisyo ni Kristo. Ang kapangyarihan ng kasamaan ay nagpapalakas sa loob ng mga dantaon, at kamangha-mangha ang pagpapasakop ng mga tao sa makasatanas na kapangyarihang ito. Ang kasalanan ay malalabanan at mapapanagumpayan lamang sa pamamagitan ng malakas na kapangyarihan ng Ikatlong Persona ng Pagka-Diyos, na darating na may buong kapuspusan ng kapangyarihan ng Diyos. Ang Espiritu ang nagbibigay ng bisa sa mga ginawa ng Manunubos ng sanlibutan. Sa pamamagitan ng Espiritu nadadalisay ang puso. Sa pamamagitan ng Espiritu nakakabahagi ng likas ng Diyos ang sumasampalataya. Ibinigay ni Kristo ang Kaniyang Espiritu bilang isang banal na kapangyarihan upang daigin ng tao ang lahat ng namana at nalinang na mga pagkahilig niya sa masama, at upang maitatak ang sarili Niyang likas sa Kaniyang iglesya.

Tungkol sa Espiritu ay sinabi ni Jesus, "Luluwalhatiin Niya Ako." Naparito ang Tagapagligtas upang luwalhatiin ang Ama sa pamamagitan ng pagpapakita ng Kaniyang pag-ibig; kaya luluwal-
[978] hatiin din ng Espiritu si Kris- to sa pamamagitan ng paghahayag ng Kaniyang biyaya sa sanlibutan. Ang larawan ng Diyos ay muling palilitawin sa tao. Ang karangalan ng Diyos, ang karangalan

ni Kristo, ay nasasangkot sa pagpapasakdal sa likas ng Kaniyang bayan.

“Kung Siya [ang Espiritu ng katotohanan] ay dumating, ay Kaniyang susumbatan ang sanlibutan tungkol sa kasalanan, at sa katwiran, at sa paghatol.” Ang pangangaral ng salita ay mawawalan ng kabuluhan kung hindi patuloy na sasamahan at tutulungan ng Espiritu Santo. Ito lamang ang mabisang tagapagturo ng banal na katotohanan. Kung sinasamahan lamang ng Espiritu ang katotohanan sa puso saka ito makagigising sa budhi o makababago sa buhay. Maaaring magawa ng isang tao na maipakilala ang nakasulat na salita ng Diyos, maaaring alam na alam niya ang lahat nitong mga utos at mga pangako; subali’t malibang itanim ng Banal na Espiritu ang katotohanan sa puso, ay walang kaluluwang mahuhulog sa Bato at madudurog. Gaano man kalaki ang pinag-aralan, gaanuman kalaki ang mga kalamangan, ay hindi pa rin magagawang isang daluyan ng liwanag ang isang tao kung hindi tutulungan ng Espiritu ng Diyos. Ang paghahasik ng binhi ng ebanghelyo ay hindi magiging tagumpay malibang ang binhi ay buhayin ng hamog ng langit. Bago nasulat ang isang aklat ng Bagong Tipan, bago naipangaral ang isang sermon ng ebanghelyo pagkatapos makaakyat sa langit si Kristo, ay lumapag na ang Espiritu Santo sa dumadalanging mga apostol. Ang naging patotoo nga ng kanilang mga kaaway ay, “Pinuno ninyo ang Jerusalem ng inyong aral.” Mga Gawa 5:28.

Ipinangako ni Kristo sa Kaniyang iglesya ang kaloob ng Espiritu Santo, at ang pangako ay para sa atin din naman gaya ng sa mga unang alagad. Subali’t katulad ng bawa’t ibang pangako, ito’y ibinibigay na may mga kondisyon. Marami ang naniniwala at nagpapanggap na umaangkin sa pangako ng Panginoon; nagsasalita [979]
sila *tungkol* kay Kristo at *tungkol* sa Espiritu Santo, gayunma’y wala silang tinatanggap na anumang kapakinabangan. Hindi nila isinusuko ang kaluluwa upang mapatnubayan at mapangasiwaan ng mga banal na anghel. Hindi natin magagamit ang Espiritu Santo. Ang Espiritu ang dapat gumamit sa atin. Sa pamamagitan ng Espiritu ay gumagawa ang Diyos sa Kaniyang bayan “sa pagnanasa at sa paggawa ayon sa Kaniyang mabuting kalooban.” Filipos 2:13. Subali’t marami ang hindi paiilalim dito. Ibig nilang sila na ang mangasiwa sa kanilang mga sarili. Ito ang dahilan kung bakit hindi sila tumatanggap ng kaloob ng langit. Yaon lamang mga buong ka-

pakumbabaang naghihintay sa Diyos, na nag-aantabay sa Kaniyang pamamatnubay at biyaya, ang binibigyan ng Espiritu. Naghihintay ang kapangyarihan ng Diyos sa kanilang paghingi at pagtanggap. Ang ipinangakong ito, kung aangkinin sa pananampalataya, ay maghahatid ng lahat ng iba pang mga pagpapala. Ito'y ibinibigay ayon sa kasaganaan ng biyaya ni Kristo, at Siya'y handang magbigay sa bawa't kaluluwa ayon sa kakayahan niyang tumanggap.

Sa pagsasalita Niya sa Kaniyang mga alagad, ay hindi gumawa si Jesus ng anumang malungkot na pagpapahiwatig ng daranasin Niyang paghihirap at pagkamatay Ang kahuli-hulihan Niyang pamana sa kanila ay isang pamana ng kapayapaan. Sinabi Niya, "Ang kapayapaan ay iniiwan Ko sa inyo, ang Aking kapayapaan ay ibinibigay Ko sa inyo: hindi gaya ng ibinibigay ng sanlibutan, ang ibinibigay Ko sa inyo. Huwag magulumihanan ang inyong puso, ni matakot man."

Bago nilisan ng Tagapagligtas ang silid sa itaas, ay pinangunahan Niya ang Kaniyang mga alagad sa isang awit ng pagpupuri. Ang
[980] Kaniyang tinig ay narinig, hindi sa himig na tumatangis, kundi sa masayang himig ng awit ng Pakuwa:

"Oh purihin ninyo ang Panginoon, ninyong lahat na mga bansa:
Purihin ninyo Siya, ninyong lahat na mga bayan.
Sapagka't ang Kaniyang kagandahang-loob ay dakila sa atin:
At ang katotohanan ng Panginoon ay magpakailanman.
Purihin ninyo ang Panginoon."

Awit 117.

Pagkatapos ng himno, sila'y nagsilabas. Nagdaan sila sa mataong mga lansangan, palabas sa pintuang-bayan ng lungsod patungong Bundok ng mga Olibo. Marahan silang nagpatuloy sa paglakad, bawa't isa'y sakbibi ng kaniya-kaniyang mga iniisip. Samantalang sila'y lumulusong patungo sa bundok, sa tinig na nagbabadya ng matinding kalungkutan, ay nagwika si Jesus, "Kayong lahat ay mangagdaramdam sa Akin sa gabing ito: sapagka't nasusulat, Sasaktan Ko ang pastor, at mangangalat ang mga tupa ng kawan." Mateo 26:31. Nakinig ang mga alagad na taglay ang kalumbayan at panggigilalas. Naalaala nila kung paanong sa sinagoga sa Capernaum, ay marami ang nangatisod, at nangagsihiwalay sa Kaniya,

nang sabihin ni Kristong Siya ang Tinapay ng Buhay. Nguni’t hindi naman tumaliwakas ang Labindalawa. Si Pedro, na nagsasalita para sa kaniyang mga kapatid, ang nagpahayag noon ng kaniyang katapatan kay Kristo. Nang magkagayo’y sinabi ng Tagapagligtas, “Hindi baga hinirang Ko kayong labindalawa, at ang isa sa inyo ay diyablo?” Juan 6:70. Sa silid sa itaas ay sinabi ni Jesus na isa sa kanila ang magkakanulo sa Kaniya, at ikakaila naman Siya ni Pedro. Nguni’t sa mga salita Niya ngayon ay kasama silang lahat na tinutukoy.

Ngayon ang tinig ni Pedro ay narinig na buong katigasang tu-
mututol, “Bagama’t mangatitisod ang lahat, nguni’t ako’y hindi.” [981]
Sa silid sa itaas ay sinabi niya, “Ang aking buhay ay ibibigay ko dahil sa Iyo.” Pinagpaunahan na siya ni Jesus na sa gabi ring iyon ay ikakaila niya ang kaniyang Tagapagligtas. Ngayo’y inulit ni Kristo ang babala: “Katotohanang sinasabi Ko sa iyo, Na ngayon, sa gabi ring ito, bago tumilaok ang manok nang makalawa, ay ikakaila mo Akong makaitlo.” Datapwa’t si Pedro’y “lalo nang nagmatigas na sinabi, Kahima’t kailangang mamatay akong kasama Mo, ay hindi Kita ikakaila sa anumang paraan. Sinabi rin naman ng lahat ang gayundin.” Marcos 14:29-31. Sa kanilang labis na pagtitiwala sa sarili ay itinatwa nila ang inulit na pangungusap Niyaong lalong nakaaalam. Sila’y hindi mga handa sa pagsubok; pagsapit sa kanila ng tukso, ay saka nila makikilala ang kanilang sariling kahinaan.

Nang sabihin ni Pedrong susundan niya ang kaniyang Panginoon hanggang sa bilangguan at hanggang sa kamatayan, ay iyon ang talagang ibig niyang sabihin; nguni’t hindi rtiya kilala ang kaniyang sarili. Nakakubli sa kaniyang puso ang mga elemento ng kasamaan na bubuhayin ng mga pangyayari. Malibang madama niya ang panganib niyang ito, ang mga elementong ito ng kasamaan ang walang-hanggang magpapahamak sa kaniya. Nakita ng Tagapagligtas na taglay niya ang pag-ibig sa sarili at katiyakan sa sarili na maaaring mangibabaw sa pag-ibig niya kay Kristo. Nakita sa kaniyang karanasan ang malaking kahinaan, ang di-pagsugpo sa kasalanan, ang kawalang-ingat sa espiritu, ang di-banal na pag-uugali o damdamin, at ang pagwawalang-bahala sa pagpasok sa tukso. Ang solemneng babala ni Kristo ay isang panawagan sa pagsasaliksik ng puso. Kailangan ni Pedro na huwag magtiwala sa kaniyang sarili, at magkaroon ng lalong malalim na pananampalataya kay

Kristo. Kung buong kapakumbabaan lamang niyang tinanggap ang
[982] babala, sana'y naipamanhik niya sa Pastor ng kawan na ingatan ang Kaniyang mga tupa. Nang siya'y nasa Dagat ng Galilea na halos lulubog na lamang, ay sumigaw siya, "Panginoon, iligtas Mo ako," Mateo 14:30. Nang magka-gayo'y iniunat ni Kristo ang Kaniyang kamay upang abutin ang kaniyang kamay. Kaya ngayon kung siya lamang ay tumawag kay Jesus, Iligtas Mo ako sa aking sarili, sana'y naingatan siya. Nguni't nadama ni Pedrong siya'y di-pinagtitiwalaan, at hindi niya ito minabuti. Natisod na siya, at lalo pa siyang naging masidhi sa kaniyang pagtitiwala sa sarili.

Minasdan ni Jesus na may pagkahahabag ang Kaniyang mga alagad. Hindi Niya sila maililigtas sa pagsubok, gayunma'y hindi Niya sila iniiwang walang tagaaliw. Tiniyak Niya sa kanila na Kaniyang lalagutin ang mga tanikala ng libingan, at hindi magkukulang ang Kaniyang pag-ibig sa kanila. "Pagkapagbangon Ko," wika Niya, "ay mauuna Ako sa inyo sa Galilea." Mateo 26:32. Bago pa Siya ipinagkaila, ay tiniyak nang sila'y patatawarin. Pagkatapos ng Kaniyang kamatayan at pagkabuhay na mag-uli, ay batid nilang sila'y pinatawad na, at sila'y mga mahal sa puso ni Kristo.

Si Jesus at ang mga alagad ay nasa daang patungo sa Gethsemane, sa paanan ng Bundok ng Olibo, isang kubling pook na madalas paroonan para sa pagbubulay-bulay at pananalangin. Ipinaliliwanag ng Tagapagligtas sa mga alagad Niya ang Kaniyang misyon sa sanlibutan, at ang kaugnayang espirituwal sa Kaniya na dapat nilang panatilihin. Ngayo'y binibigyan Niya ng halimbawa ang aral. Maliwanag noon ang buwan, at nabanaagan Niya ang isang malagong puno ng ubas. Ibinaling Niya roon ang pansin ng mga alagad, at ginamit iyong isang halimbawa.

"Ako ang Tunay na Puno ng Ubas," wika Niya. Sa halip na piliin ang magandang palma, ang matayog na sedro, o ang matibay na
[983] ensina, ay ginamit ni Jesus ang puno ng ubas na may mga kumakapit na sarsilyo upang kumatawan sa Kaniyang sarili. Ang punong palma, ang sedro, at ang ensina ay mag-isang nakatayo. Ang mga ito ay hindi nangangailangan ng anumang pang-alalay. Nguni't ang puno ng ubas ay may baging na kumakapit sa balag, at sa gayo'y umaakyat na patugpa sa langit. Ganyan si Kristo na sa Kaniyang pagkatao ay umaasa sa kapangyarihan ng Diyos. "Hindi Ako makagagawa ng anuman sa Aking sarili," sinabi Niya. Juan 5:30.

"Ako ang Tunay na Puno ng Ubas." Lagi nang itinu-turing ng mga Hudyo na ang ouno ng ubas ay siyang pinakamarangal sa lahat ng mga halaman, at magaling. Ang Israel ay ang puno ng ubas na itinanim ng Diyos sa Lupang Pangako. Ang kanilang pag-asa sa pagkaligtas ay ibinatay ng mga Hudyo sa katotohanang sila'y naka-ugnay sa lsrael. Subali't sinasabi ni Jesus, Ako ang tunay na Puno ng Ubas. Huwag ninyong isiping dahil sa kayo'y nakaugnay sa Israel ay maaari na kayong maka-bahagi o makatanggap ng buhay sa Diyos, at maging mga tagapagmana ng Kaniyang pangako. Sa pamamagitan Ko lamang matatanggap ang buhay na ukol sa espiritu.

"Ako ang Tunay na Puno ng Ubas, at ang Aking Ama ang Magsasaka." Sa mga gulod ng Palestina ay doon itinanim ng ating Amang nasa langit ang magandang Puno ng Ubas na ito, at Siya na rin ang Magsasaka. Marami ang naaakit sa kagandahan ng Puno ng Ubas na ito, at nagsipagpahayag na ito'y buhat sa langit. Nguni't sa mga pinuno ng Israel ay mistula itong isang ugat na buhat sa tuyong lupa. Binunot nila ang halaman, sinalanta, at niyurakan ng tampalasan nilang mga paa. Ang nasa isip nila ay puksain na ito nang lubusan. Nguni't di-kailanman hinihiwalayan ng tingin ng Magsasakang nasa langit ang Kaniyang halaman. Nang sa akala ng mga tao'y napatay na nila ito, ito'y Kaniyang kinuha, at ito'y [984]
muling itinanim sa kabila ng pader. Doo'y hindi na makikita pa ang puno ng ubas. Naitago na ito sa mararahas na pananalanta ng mga tao. Nguni't ang mga sanga ng Puno ng Ubas ay nangakalawit sa kabila ng pader. Ang mga ito ang kakatawan sa Puno ng Ubas. Sa pamamagitan ng mga ito ang mga paghuhugpong ay maaari pa ring magawang isanib sa Puno ng Ubas. Nakakuha na ng bunga sa mga ito. Pati mga nagdaraan ay nakapipitas na ng bunga.

"Ako ang Puno ng Ubas, kayo ang mga sanga," winika ni Kristo sa Kaniyang mga alagad. Bagama't malapit na Siyang mapawalay sa kanila, wala ring dapat ipagbago ang kanilang espirituwal na pagkakalakip o pagkaka-ugnay sa Kaniya. Sinabi Niyang ang pagkakaugnay ng sanga sa puno, ay kumakatawan sa inyong pagkakaugnay sa Akin na dapat ninyong panatilihin. Ang dugtong ay isinasanib sa buhay na baging, at ito'y tumutubo sa puno ng ubas nang hibla sa hibla, at sanga sa sanga. Ang buhay na nananalaytay sa puno ay siya ring buhay na nananalaytay sa sanga. Sa gayon ding paraan ang kaluluwang patay sa mga pagsalansang

at mga pagkakasala ay tumatanggp ng buhay sa pamamagitan ng pagkakaugnay kay Kristo. Ang paglalakip o pagsasamang ito ay nabubuo sa pamamagitan ng pagsampalataya sa Kaniya bilang isang personal na Tagapagligtas. Isinasanib ng makasalanan ang kaniyang kahinaan sa kalakasan ni Kristo, ang kaniyang kahungkagan sa kapuspusan ni Kristo, at ang kaniyang karupukan sa walang-hanggang kapangyarihan ni Kristo. Sa gayo'y nagkakaroon siya ng isip o diwa ni Kristo. Ang pagkatao ni Kristo ay napaugnay sa ating pagkatao, at ang ating pagkatao ay napaugnay sa Diyos. Kaya nga sa pamamagitan ng paggawa ng Espiritu Santo ang tao ay nagiging kabahagi ng likas ng Diyos. Siya'y tinatanggap na Minamahal.

[985] Ang pagkakasanib o pagkakalakip na ito kay Kristo pagka nabuo na, ay kailangang panatilihin. Sinabi ni Kristo, "Kayo'y manatili sa Akin, at Ako'y sa inyo. Gaya ng sanga na di makapagbunga sa kaniyang sarili, maliban na nakakabit sa puno; gayundin naman kayo, maliban na kayo'y manatili sa Akin." Ito'y hindi pagkakaugnay na di-sinasadya, hindi pagkakaugnay na minsang nakakabit at minsang di-nakakabit. Ang sanga ay nagiging isang bahagi ng buhay na puno. Ang daloy ng buhay, ng lakas, at ng pamumunga magmula sa ugat hanggang sa mga sanga ay patuloy at hindi nahahadlangan. Kung hiwalay sa puno, ang sanga ay hindi mabubuhay. Gayundin naman kayo, sabi ni Jesus, hindi kayo mabubuhay nang nakahiwalay sa Akin. Ang buhay na inyong tinatanggap sa Akin ay maiingatan lamang sa pamamagitan ng patuloy na pakikiugnay. Kung wala Ako ay hindi ninyo madadaig ang kahit isang kasalanan, o malalabanan man ang kahit isang tukso.

"Kayo'y manatili sa Akin, at Ako'y sa inyo." Ang pananatili kay Kristo ay nangangahulugan ng patuloy na pagtanggap ng Kaniyang Espiritu, ng isang buhay na lubos na itinalaga at ipinasakop sa paglilingkod sa Kaniya. Ang daluyan ng pagkakaugnay ay kailangang laging bukas sa tao at sa kaniyang Diyos. Kung paanong ang sanga ng puno ng ubas ay patuloy na sumisipsip ng katas mula sa buhay na puno, gayundin naman tayo dapat makiugnay kay Jesus, at dapat tumanggap sa Kaniya sa pamamagitan ng pananampalataya ng lakas at kasakdalan ng Kaniyang sariling likas.

Ang ugat ay nagpapadala ng katas-na-pagkain sa sanga hanggang sa kadulu-duluhang sangang maliliit. Sa ganyang paraan din nagpapadala si Kristo ng daloy ng espirituwal na kalakasan sa bawa't

sumasampalataya. Habang ang kaluluwa ay nakaugnay kay Kristo, ay walang panganib na ito'y matutuyo o mabubulok.

Ang buhay ng puno ng ubas ay makikita sa mabangong bungang [986]
nasa mga sanga. "Ang nananatili sa Akin," sabi ni Jesus, "at Ako'y sa kaniya, ay siyang nagbubunga nang marami: sapagka't kung kayo'y hiwalay sa Akin ay wala kayong magagawa." Kung tayo'y nabubuhay sa pamamagitan ng pananampalataya sa Anak ng Diyos, ay makikita sa ating kabuhayan ang mga bunga ng Espiritu; isa man ay walang mawawala.

"Ang Aking Ama ang Magsasaka. Ang bawa't sanga na sa Akin ay hindi nagbubunga ay inaalis Niya." Kung ang pagkakasanib ng sanga sa puno ay panlabas lamang, ay hindi nagiging buhay ang pagkakaugnay. Kung magkagayo'y hindi magkakaroon ng pagtubo o pamumunga. Gayundin naman maaaring magkaroon ng parang pagkakaugnay kay Kristo nang wala namang tunay na pagkakasanib sa Kaniya sa pamamagitan ng pananampalataya. Ang pagpapanggap ng relihiyon ay naglalagay sa mga tao sa loob ng iglesya, subali't ang likas at pag-uugali ay siya namang nagpapakilala kung sila'y nakaugnay kay Kristo. Kung hindi sila nagbubunga, sila'y hindi tunay na mga sanga. Ang kanilang pagkakahiwalay kay Kristo ay nangangahulugan ng isang lubos na pagkapahamak na gaya ng inilalarawan ng patay na sanga. "Kung ang sinuman ay hindi manatili sa Akin," wika ni Kirsto, "ay siya'y matatapong katulad ng sanga, at matutuyo; at titipunin ng mga tao, at ihahagis sa apoy, at mangasusunog."

"At ang bawa't sanga na nagbubunga, ay nililinis [pinupulak] Niya, upang lalong magbunga." Sa labindalawang hinirang na sumunod kay Jesus, ang isa ay gaya ng isang tuyong sanga na malapit nang alisin; ang natitira ay daraan sa pumupulak na patalim ng mapait na pagsubok. Buong kasolemnihan at pagmamahal na ipina-liwanag ni Jesus ang layunin ng magsasaka. Ang pagpulak ay magdudulot ng sakit o kirot, subali't ang Ama ang siyang gagamit ng patalim. Hindi Siya gumagawa nang padaskul-daskol o nang
may pusong nagwawalangbahala. May mga sangang gumagapang [987]
sa lupa; kailangang putulin ang mahigpit na pagkakakapit ng mga ito sa mga bagay ng lupa. Dapat silang umakyat na pataas sa langit, at sa Diyos mangapit. Ang labis na kalaguan ng mga dahon na sumisipsip sa dumadaloy na buhay mula sa bunga ay dapat pulakin.

Ang labis na kalaguan ay kailangang alisin, upang makapaglagos ang nagpapagaling na mga sinag ng Araw ng Katwiran. Pinupulak ng magsasaka ang nakapipinsalang labis na kalaguan ng mga dahon, upang lalong lumaki at lalong dumami ang bunga.

"Sa ganito'y lumuluwalhati ang Aking Ama," sabi ni Jesus, "na kayo'y magsipagbunga nang marami." Hangad ng Diyos na ipakita sa pamamagitan ninyo ang kabanalan, ang kagandahang-loob, at ang kahabagan, ng Kaniyang sariling likas. Gayunma'y hindi inaatasan ng Tagapagligtas ang mga alagad na sila'y magsigawa upang magsipagbunga. Ang sinasabi Niya sa kanila ay sila'y manatili sa Kaniya. "Kung kayo'y magsipanatili sa Akin," wika Niya, "at ang mga salita Ko'y magsipanatili sa inyo, ay hingin ninyo ang anumang inyong ibigin, at gagawin sa inyo." Sa pamamagitan ng salita nananatili si Kristo sa Kaniyang mga tagasunod. Ito rin ang mahalagang pakikisanib o pakikiugnay na inilalarawan ng pagkain ng Kaniyang laman at ng pag-inom ng Kaniyang dugo. Ang mga salita ni Kristo ay espiritu at buhay. Pagka tinang-gap ninyo ito, ay tumatanggap kayo ng buhay ng Puno ng Ubas. Kayo'y nabubuhay "sa bawa't salitang lumalabas sa bibig ng Diyos." Mateo 4:4. Ang buhay ni Kristong nasa inyo ay nagbibigay ng gayunding mga bunga na gaya ng sa Kaniya. Nabubuhay kay Kristo, nakaugnay kay Kristo, inaalalayan ni Kristo, at kumukuha ng pagkain mula kay Kristo, kayo'y nagbubunga ayon sa wangis ni Kristo.

Sa huling pakikipagpulong na ito ni Kristo sa Kaniyang mga ala-
[988] gad, ang dakilang hangaring ipinahayag Ni- ya sa kanila ay ang sila'y mag-ibigan sa isa't isa tulad ng pag-ibig Niya sa kanila. Muli at muling sinalita Niya ito sa kanila. "Ang mga bagay na ito ay iniuutos Ko sa inyo," paulit-ulit Niyang sinabi, "upang kayo'y mangagibigan sa isa't isa." Ang kauna-unahan Niyang tagubilin sa kanila nang sila'y nag-iisang kasama Niya sa silid sa itaas ay, "Isang bagong utos ang sa inyo'y ibinibigay Ko, Na kayo'y mangagibigan sa isa't isa; na kung paanong inibig Ko kayo, ay mangag-ibigan naman kayo sa isa't isa." Sa ganang mga alagad ay bago ang utos na ito; dahil sa hindi sila nangag-ibigang gaya ng pag-ibig ni Kristo sa kanila. Nakita Niyang dapat silang pagharian o pamayanihan ng mga bagong kurukuro at mga damdamin; na dapat silang magsagawa ng mga bagong simulain; at sa pamamagitan ng Kaniyang buhay at pagkamatay ay dapat silang tumanggap ng bagong pagkakilala sa pag-ibig. Ang

utos na mag-ibigan sa isa’t isa ay nagkaroon ng bagong kahulugan sa liwanag ng pagsasakripisyo ng Kaniyang sarili. Ang buong gawain ng biyaya ay isang walang humpay na paglilingkod ng pag-ibig, ng pagkakait sa sarili, at pagpapakasakit ng sarili. Sa bawa’t oras ng pananahanan ni Kristo sa ibabaw ng lupa, ay walanglagot ang pag-agos ng pag-ibig ng Diyos mula sa Kaniya. Lahat ng nalilipos ng Kaniyang Espiritu ay iibig na gaya ng Kaniyang pag-ibig. Ang simulaing nag-udyok kay Kristo ay siya rin namang mag-uudyok sa kanila sa lahat nilang pakikitungo sa isa’t isa.

Ang pag-ibig na ito ay siyang katibayan o katunayan ng kanilang pagiging-alagad. “Sa ganito’y mangakikilala ng lahat ng mga tao na kayo ay Aking mga alagad,” sabi ni Jesus, “kung kayo’y may pag-ibig sa isa’t isa.” Pagka ang mga tao ay magkakasamang nabibigkis, hindi sa pamamagitan ng dahas o pagmamalasakit sa sarili, kundi sa pamamagitan ng pag-ibig, ay kanilang ipinakikita ang paggawa ng isang impluwensiya na nakatataas sa bawa’t impluwensiya ng [989]
tao. Pagka nakikita ang ganitong pagkakaisa, ito’y katunayan na ang larawan ng Diyos ay naisasauli o naibabalik sa tao, na isang bagong simulain ng buhay ang naitatanim. Ito’y nagpapakilalang may kapangyarihang makapanindigan sa lahat ng lakas ng kasamaan ang likas ng Diyos, at ang biyaya ng Diyos ay nakasusupil sa kasakimang katutubo sa pusong laman ng tao.

Ang pag-ibig na ito, pagka nakikita na sa iglesya, ay tiyak na kikilos sa galit ni Satanas. Hindi madaling landasin ang iginuhit ni Kristo para sa Kaniyang mga alagad. “Kung kayo’y kinapopootan ng sanlibutan,” wika Niya, “ay inyong talastas na Ako muna ang kinapootan bago kayo. Kung kayo’y taga-sanlibutan, ay iibigin ng sanlibutan ang kaniyang sarili: nguni’t sapagka’t kayo’y hindi taga-sanlibutan, kundi kayo’y hinirang Ko sa sanlibutan, kaya napopoot sa inyo ang sanlibutan. Alalahanin ninyo ang salitang sa inyo’y Aking sinabi, Ang alipin ay hindi dakila kaysa kaniyang panginoon. Kung Ako’y kanilang pinag-usig, kayo man ay kanilang paguusigin din; kung tinupad nila ang Aking salita, ang inyo man ay kanilang tutuparin din. Datapwa’t ang lahat ng mga bagay na ito ay gagawin nila sa inyo dahil sa Aking pangalan, sapagka’t hindi nila nakikilala ang sa Akin ay nagsugo.” Ang ebanghelyo ay dapat palaganapin sa pamamagitan ng masigasig na pakikibaka, sa gitna ng pagsalungat, panganib, kawalan, at paghihirap. Nguni’t ang lahat ng gumagawa

ng gawaing ito ay sumusunod lamang sa mga hakbang ng kanilang Panginoon.

Bilang Manunubos ng sanlibutan, si Kristo'y laging napaharap sa mandi'y pagkabigo. Siya, na sugo ng ka-awaan sa ating sanlibutan, ay waring maliit lamang ang nagawa sa talagang nais Niyang gawing pagtataas at pagliligtas sa mga tao. Laging gumagawa ng hadlang sa
[990] Kaniyang daan ang mga kapangyarihan ni Satanas. Gayunma'y hindi nanghina ang Kaniyang loob. Sa pamamagitan ng hula ni Isaias ay sinabi Niya, "Ako'y gumiawang walang-kabuluhan, Aking ginugol ang Aking lakas sa wala, at sa walang-kabuluhan; gayunma'y tunay na ang kahatulan sa Akin ay nasa Panginoon, at ang kagantihan sa Akin ay nasa Aking Diyos. ... Bagaman at di-matipon ang Israel, gayunma'y magiging marangal Ako sa mga mata ng Panginoon, at ang Aking Diyos ay magiging Aking kalakasan." Kay Kristo ibinigay ang pangakong, "Ganito ang sabi ng Panginoon, ng Manunubos ng Israel, na Kaniyang Banal, Doon sa hinahamak ng tao, Doon sa kinayayayamutan (kinasusuklaman) ng bansa; ... Ganito ang sabi ng Panginoon: ... Aking iingatan Ka, at ibibigay Kita na pinakatipan sa bayan, upang itatag ang lupa, upang ipamana ang mga sirang mana; upang Iyong masabi sa mga bilanggo, Kayo'y magsihayo; sa kanilang nangasa kadiliman, Pakita kayo. ... Sila'y hindi mangagugutom o mangauuhaw man; ni hindi man sila mangapapaso ng init ni ng araw man: sapagka't Siyang may awa sa kanila ay papatnubay sa kanila, samakatwid baga'y sa tabi ng mga bukal ng tubig ay papatnubayan Niya sila." Isaias 49:4, 5, 7-10.

Sa salitang ito nanalig si Jesus, at hindi Niya binigyan si Satanas ng anumang kalamangan. Nang malapit nang gawin ni Kristo ang mga huling hakbang ng Kaniyang pagpapakababa at pagpapakahirap, nang halos pumipi-yapis na sa Kaniyang kaluluwa ang pinakamatinding kalungkutan, ay sinabi Niya sa Kaniyang mga alagad, "Dumarating ang prinsipe ng sanlibutang ito, at siya'y walang anuman sa Akin." "Ang prinsipe ng sanlibutang ito ay hinatulan na." Ngayon nga'y palalayasin na siya. Juan 14:30; 16:11; 12:31. Sa pamamagitan ng mata ng hula ay binakas ni Kristo ang mga tagpong magaganap sa Kanyang kahuli-hulihang pakikilaban. Batid Niyang
[991] pagka sumigaw na Siya ng, "Naganap na," ay magwawagi na ang buong langit. Naulinigan Niya ang awitan at ang mga sigaw ng pagtatagumpay sa mga korte ng langit. Batid Niyang ang mapanglaw

na agunyas ng kaharian ni Satanas ay tutugtugin na, at ang pangalan ni Kristo ay ipagbubunyi sa bawa't sanlibutan sa buong santinakpan.

Ikinatuwa ni Kristo na lalong malaki ang magagawa Niya para sa Kaniyang mga alagad kaysa mahihmgi o maiisip nila. Nagsalita Siyang may katiyakan, palibhasa'y batid Niyang makapangyarihang utos ang ibinigay na noon pa mang bago nilalang ang sanlibutan. Talos Niyang ang katotohanan, na nalalangkapan ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu, ay magwawagi sa pakikilaban sa masama; at ang bandilang nabahiran ng dugo ay matagumpay na wawagayway sa ibabaw ng mga sumusunod sa Kaniya. Talos Niyang ang buhay ng Kaniyang nagtitiwalang mga alagad ay magiging katulad ng sa Kaniya, isang sunud-sunod na mga pagtatagumpay, na sa tingin dito ay hindi itinuturing na tagumpay, nguni't doon sa kabilang buhay ay kinikilalang tagumpay.

"Ang mga bagay na ito ay sinalita Ko sa inyo," sabi Niya, "upang kayo'y magkaroon sa Akin ng kapayapaan. Sa sanlibutan ay mayroon kayong kapighatian: nguni't laksan ninyo ang inyong loob; Aking dinaig ang sanlibutan." Si Kristo ay hindi nabigo, ni hindi rin nanghina ang Kaniyang loob, at kaya nga ang Kaniyang mga alagad ay dapat ding magpakita ng gayunding matibay na pananampalataya. Dapat silang mamuhay na gaya ng Kaniyang pagkakapamuhay, at gumawang gaya ng Kaniyang iginawa, sapagka't sila'y umaasa sa Kaniya bilang ang dakilang Punong Manggagawa. Dapat silang magkaroon ng tapang, sigla, at pagtitiyaga. Kahit na sila'y waring nakakakita ng mga nakahahadlang sa kanilang landas, sa pamamagitan ng Kaniyang biyaya'y dapat silang magpatuloy. Sa halip na tangisan ang mga kahirapan, sila'y tinatawagang salungahin ang mga ito. Wala silang dapat na ipanghina ng loob, at dapat silang [992]
umasa sa lahat ng bagay. Sa pamamagitan ng ginintuang tanikala ng walang-kapantay na pag-ibig ni Kristo ay itinali Niya sila sa luklukan ng Diyos. Ang hangad Niya ay mapasakanila ang pinakamataas na impluwensiya sa sansinukob, na nagbubuhat sa bukal ng lahat ng kapangyarihan. Dapat silang magkaroon ng kapangyarihang lumaban sa masama, kapangyarihang di-madadaig ng sanlibutan, ng kamatayan, ni ng impiyerno man, kapangyarihang magbibigay-kaya sa kanila upang magtagumpay gaya ni Kristo na nagtagumpay.

Panukala ni Kristo na ang kaayusan ng langit, ang paraan ng pamamahala ng langit, ang banal na pagkaka-isa sa langit, ay siyang

makita sa Kaniyang iglesya sa ibabaw ng lupa. Sa ganito'y naluluwalhati Siya sa Kaniyang bayan. Sa pamamagitan nila ay magliliwanag nang buong ningning sa sanlibutan ang Araw ng Katwiran. Nagbigay si Kristo sa Kaniyang iglesya ng saganang magagamit, upang tumanggap naman Siya ng malaking pakinabang na kaluwalhatian mula sa Kaniyang tinubos at biniling pag-aari. Nagbigay Siya sa Kaniyang bayan ng mga kaka-yahan at mga pagpapala upang maipakita naman nila ang sarili Niyang kasapatan o kasaganaan. Ang iglesya, na pinagkalooban ng katwiran o kabanalan ni Kristo, ay siyang ingat-yaman, na dito mahahayag nang lubos at ganap ang mga kayamanan ng Kaniyang kaawaan, ng Kaniyang biyaya, at ng Kaniyang pag-ibig. Minamasdan ni Kristo ang Kaniyang bayan sa kanilang kalinisan at kasakdalan, bilang gantimpala sa Kaniyang pagkaka-pagpakumbaba at paghihirap, at bilang karagdagan sa Kaniyang kaluwalhatian—si Kristo, ang dakilang Sentro, na sa Kaniya nagmumula ang lahat ng kaluwalhatian.

Winakasan ng Tagapagligtas ang Kaniyang turo sa pamamagitan ng matindi at puno-ng-pag-asang mga salita. Pagkatapos ay ibinuhos
[993] Niya ang buong nilalaman ng Kaniyang kaluluwa sa panalanging ukol sa Kaniyang mga alagad. Nakatuon sa langit ang Kaniyang mga mata, na sinabi Niya, "Ama, dumarating na ang oras; luwalhatiin Mo ang Iyong Anak, upang Ikaw ay luwalhatiin ng Anak: gaya ng ibinigay Mo sa Kaniya ang kapamahalaan sa lahat ng laman, upang bigyan Niya ng buhay na walanghanggan ang lahat ng ibinigay mo sa Kaniya. At ito ang buhay na walang-hanggan, na Ikaw ay makilala nila na iisang Diyos na tunay, at Siyang Iyong sinugo, samakatwid baga'y si Jesukristo."

Natapos ni Kristo ang gawaing ibinigay sa Kaniya. Niluwalhati Niya ang Diyos sa lupa. Naihayag Niya ang pangalan ng Ama. Natipon Niya ang mga magpapatuloy ng Kaniyang gawain sa gitna ng mga tao. At sinabi Niya, "Ako'y naluluwalhati sa kanila. At ngayon ay wala na Ako sa sanlibutan, at ang mga ito ay nasa sanlibutan, at Ako'y paririyan sa Iyo. Amang Banal, ingatan Mo sila sa Iyong pangalan yaong mga ibinigay Mo sa Akin, upang sila'y maging isa, na gaya naman Natin." "Hindi lamang sila ang idinadalangin Ko, kundi sila rin naman na mga magsisisampalataya sa Akin sa pamamagitan ng kanilang salita; upang silang lahat ay maging isa; ... Ako'y sa kanila, at Ikaw ay sa Akin, upang sila'y malubos sa

pagkakaisa; at upang makilala ng sanlibutan na Ikaw ang sa Akin ay nagsugo, at sila'y Iyong inibig, na gaya Ko na inibig Mo."

Kaya sa pangungusap ng Isa na may kapangyarihan ng Diyos, ay ibinigay ni Kristo ang Kaniyang hinihirang na iglesya sa mga bisig ng Ama. Bilang isang itinalagang Dakilang Saserdote ay namamagitan Siya para sa Kaniyang bayan. Bilang isang tapat na Pastor ay tinitipon Niya ang Kaniyang kawan sa lilim ng Makapangyarihan sa lahat, sa matibay at panatag na kanlungan. Sa Kaniya ay naghihintay ang kahuli-hulihang pakikihamok kay Satanas, at Siya'y humahayo
upang iyon ay harapin. [994]

## Kabanata 74—Gethsemane

Ang kabanatang ito ay batay sa Mateo 26:36-56; Marcos 14:32-50; Lukas 22:39-53; Juan 18:1-12.

Kasama ng Kaniyang mga alagad na dahan-dahang nilandas ng Tagapagligtas ang daang patungo sa Halamanan ng Gethsemane. Ang buwan sa panahon ng Paskuwa ay kabilugan, at nagsasabog ng liwanag sa maaliwalas na langit. Tahimik ang lungsod na puno ng mga tolda ng mga magsisipamista.

Masiglang nakikipag-usap si Jesus sa Kaniyang mga alagad at tinatagubilinan sila; nguni't nang malapit na sila sa Gethsemane, ay nakapagtataka ang bigla Niyang pananahimik. Malimit Niyang dalawin ang pook na ito upang magbulay at manalangin; nguni't hindi gaya nga-yong tigib ng kalungkutan ang Kaniyang puso sa gabing ito ng Kaniyang paghihirap. Sa buong buhay Niya sa ibabaw ng lupa ay lumakad Siya sa liwanag ng pakikiharap ng Diyos. Nang Siya'y nakikipagtunggali sa mga taong inaalihan ng espiritu ni Satanas, ay nasabi Niya, "Ang nagsugo sa Akin ay sumasa Akin: hindi Ako pinabayaan ng Ama na nag-iisa; sapagka't ginagawa Kong lagi ang mga bagay na sa Kaniya'y nakalulugod." Juan 8:29. Nguni't ngayon ay parang nahiwalay na sa Kaniya ang liwanag ng pakikiharap ng Diyos. Ngayon ay ibinilang na Siyang kasama ng
[995] mga mananalansang. Kailangan Niyang dalhin ang kasalanan ng buong sangkatauhan. Sa Kaniya na di-nagkasala ay dapat ipataw ang kasalanan o kasamaan nating lahat. Sa ganang Kaniya ay totoong kakila-kilabot ang kasalanan, at lubhang napakabigat ng sala o parusang dapat Niyang bathin, na anupa't natukso Siyang matakot na ito ang magpapawalay ng pag-ibig ng Ama sa Kaniya. Palibhasa'y nararamdaman Niya ang kakila-kilabot na galit ng Diyos sa pagsalansang, sinabi Niya, "Namamanglaw na lubha ang kaluluwa Ko, hanggang sa kamatayan."

Nang pumapasok na sila sa halamanan, nahalata ng mga alagad ang malaking pagbabago ng kanilang Panginoon. Di-kailanman

nila nakita Siya nang una na gayon kalungkot at katahimik. Habang Siya'y lumalakad, ang kakatwang lungkot na ito ay lalong tumitindi; gayunma'y hindi sila nangahas na Siya'y tanungin kung bakit. Ang Kaniyang katawan ay parang mabubuwal. Pagdating nila sa halamanan, hinanap ng mga alagad ang dating pook na Kaniyang pinagpapahingahan, upang doo'y makapag-pahinga ang kanilang Panginoon. Parang hirap na hirap Siya sa paghakbang. Napapabuntung-hininga Siya nang malakas, na parang may mabigat na pinapasan. Makalawa Siyang inalalayan ng Kaniyang mga kasama, sapagka't kung hindi ay maaaring matumba Siya sa lupa.

Sa may bukana ng halamanan ay iniwan ni Jesus ang lahat liban sa tatlo sa Kaniyang mga alagad, at pinagbilinan silang magsipanalangin para sa kanilang mga sarili at para din sa Kaniya. Kasama sina Pedro, Santiago, at Juan, pumasok na Siya sa kubling pook. Ang tatlong alagad na ito ay siyang pinakamalalapit Niyang kasama. Nakita ng mga ito ang Kaniyang kaluwalhatian sa bundok ng pagbabagong-anyo; nakita nila sina Moises at Elias na nakikipag-usap sa Kaniya; narinig nila ang tinig na buhat sa langit; at sa sandaling ito ng mahigpit Niyang pakikipagpunyagi, hangad ni Kristong sila ay [996]
malapit sa Kaniya. Malimit nilang makasama Siya sa liblib na pook na ito. Sa ganitong mga pagkakataon, pagkatapos na sila'y makapagbulay-bulay at makapanalangin, ay nangakakatulog sila nang walang kagamba-gambala na malayu-layo sa kanilang Panginoon, hanggang sa sila'y gisingin Niya sa kinaumagahan upang humayo na na man sa paggawa. Datapwa't ngayon ay hangad Niyang magsipanalangin silang magdamag na kasama Niya. Gayunman ay hindi Niya ibig na sila man ay makakita ng daranasin Niyang paghihirap.

"Mangatira kayo rito," wika Niya, "at makipagpuyat sa Akin."

Lumayo Siya nang kaunti sa kanila—hindi naman totoong malayo na hindi nila Siya makikita o maririnig man Siya—at saka Siya nagpatirapa sa lupa. Naramdaman Niyang inihihiwalay Siya ng kasalanan sa Kaniyang Ama. Ang bangin ng pagkakahiwalay ay napakaluwang, napakadilim, at napakalalim, anupa't nangilabot ang Kaniyang diwa. Hindi Niya dapat gamitin sa paghihirap na ito ang Kaniyang kapangyarihan ng pagka-Diyos upang ito'y maiwasan. Bilang tao ay dapat Niyang tiisin ang lahat ng mga nagawa o ibinunga ng kasalanan. Bilang tao ay dapat Niyang bathin ang galit ng Diyos laban sa pagsalansang.

Ang katayuan ni Kristo ngayon ay ibang-iba kaysa katayuan Niya noong una. Ang Kaniyang paghihirap ay lubos na mailalarawan sa mga pangungusap ng propeta, "Gumising ka, Oh tabak, laban sa Pastor Ko, at laban sa lalaki na Aking kasama, sabi ng Panginoon ng mga hukbo." Zacarias 13:7. Bilang kahalili at tagapanagot sa taong makasalanan, si Kristo ay nagtitiis sa ilalim ng katarungan ng Diyos. Nakita Niya kung ano ang kahulugan ng katarungan. Datirati Siya'y namagitan sa mga iba; ngayon naman ay nais Niyang
[997] may isang mamagitan para sa Kaniya.

Nang maramdaman ni Kristong nasira na ang pagkakalakip Niya sa Ama, nangamba Siya na sa Kaniyang pagka-tao ay baka hindi Niya makayang mabata ang dumarating na pakikilaban Niya sa mga kapangyarihan ng kadiliman. Sa ilang ng tukso ay napataya ang kapalaran ng sangkatauhan. Si Kristo ang nagwagi noon. Ngayo'y dumating ang manunukso para sa huling kakila-kilabot na labanan. Ito ang tangi niyang pinaghahandaan sa loob ng tatlong taon ng ministeryo ni Kristo. Sa kaniya ay nakataya na ang lahat. Kung dito'y matatalo pa siya, wala na siyang pag-asang makapanaig pa; ang mga kaharian ng sanlibutan ay magiging kay Kristo na; siya ay magagapi na at matatapon. Nguni't kung si Kristo ang madadaig, ang lupa ay magiging kaharian ni Satanas, at ang sangkatauhan ay magiging busabos magpa-kailanman ng kaniyang kapangyarihan. Sa nakaharap sa Kaniyang mga suliraning pinaglalabanan, ang kaluluwa ni Kristo ay nangambang baka Siya'y mapahiwalay sa Diyos. Sinabi sa Kaniya ni Satanas na kung Siya ang magiging tagapanagot sa sanlibutang salarin, ay magiging lubos ang Kaniyang pagkakahiwalay sa Diyos. Mapapapanig Siya sa kaharian ni Satanas, at hindinghindi na magiging kaisa ng Diyos.

At ano ang pakikinabangin ng ganitong sakripisyo? Lumilitaw na walang-pag-asa ang pagkamakasalanan at ang kawalang-utang-na-loob ng mga tao! Ipinagdiinan ni Satanas sa Manunubos ang nakapanggigipuspos na larawan ng katayuan ni Jesus: Ang mga taong namamaraling nakahihigit sa lahat ng iba sa mga bagay na ukol sa laman at sa espiritu ay nagtakwil sa Iyo. Pinagsisikapan nilang ipahamak Ka, Ikaw na siyang patibayan, siyang sentro at tatak ng mga ipinangako sa isang tanging bayan. Ang isa sa Iyong mga alagad, na nakinig sa Iyong turo, at kabilang sa mga nangunguna sa mga gawain ng iglesya, ay magkakanulo sa Iyo. Ang isa

sa Iyong masisikap na alagad ay magkakaila o magtatatwa sa Iyo. [998]
Lahat ay hihiwalay sa Iyo. Nasuklam sa ganitong isipan ang buong pagkatao ni Kristo. [999] Dinamdam ng puso Niya ang isipan na yaong mga pinarituhan Niya upang iligtas, yaong mga inibig Niya ng labis, ay makikiisa sa mga pakana ni Satanas. Kakila-kilabot ang paglalaban. Sa laki nito ay kasama ang kasalanan ng Kaniyang bansa, ng mga nagpaparatang at nagkakanulo sa Kaniya, ng kasalanan ng sanlibutang nagugumon sa kasamaan. Mabigat na mabigat ang pagkakapataw kay Kristo ng mga kasalanan ng mga tao, at ang pagkadama Niya ng galit ng Diyos laban sa kasalanan ay lumuluray sa Kaniyang buhay.

Masdan ninyo Siya na nininilay-nilay ang halagang ibabayad sa ikatutubos ng kaluluwa ng tao. Sa paghihirap at pagdadalamhati ng Kaniyang loob ay napadakot Siya sa lupa, na para bagang iniiwas Niya ang Kaniyang sarili na lalo pang mapahiwalay sa Diyos. Ang malamig na hamog ng gabi ay pumapatak sa Kaniyang nakapatirapang anyo, nguni't hindi Niya ito pinapansin. Mula sa Kaniyang mamad na mga labi namutawi ang mapait na sigaw, "Oh Ama Ko, kung baga maaari, ay lumampas sa Akin ang sarong ito." Nguni't dinugtungan Niya ito agad ng, "Gayunma'y huwag ang ayon sa ibig Ko, kundi ang ayon sa ibig Mo."

Naghahanap ang puso ng tao ng nakikiramay sa kaniyang paghihirap. Ang ganitong paghahanap ng maki-kiramay ay naramdaman ni Kristo sa kaibuturan ng Kaniyang kaluluwa. Nang sukdulan na ang Kaniyang paghihirap ay nilapitan Niya ang Kaniyang mga alagad sa hangaring makarinig ng ilang salitang makaaaliw mula sa mga ito na napakalimit Niyang pinagpala at inaliw, at tinulungan sa kalungkutan at kapighatian. Siya na laging may salita ng pakikiramay sa kanila ay nagdaranas ngayon ng napakatinding paghihirap
ng loob na higit sa makakaya ng tao, at nais Niyang malaman kung [1000]
Siya at ang mga sarili nila ay kanilang idinada-langin. Waring napakatindi ang bagsik ng kasalanan! Nakahihindik ang tuksong pabayaan na ang sangkatauhan na magbata ng mga ibinunga ng sarili nitong kasalanan, samantalang Siya'y nakatayo sa harap ng Diyos na walang bahid-sala. Kung mababatid lamang Niya na nalalaman ito at pinahahalagahan ng Kaniyang mga alagad, mapalalakas sana Siya.

Naghihirap Siyang tumayo at sumusuray na tinungo ang pook na pinag-iwanan Niya sa Kaniyang mga kasamahan. Nguni't Kaniyang "naratnan silang nangatu-tulog." Kung natagpuan Niya sana silang nananalangin, disin sana'y naginhawahan ang Kaniyang loob. Kung sila lamang ay nanganlong sa Diyos, upang huwag silang madaig ng mga kinakasangkapang yaon ni Satanas, na-aliw sana Siya sa matibay nilang pananampalataya. Nguni't hindi nila pinansin ang paulit-ulit Niyang sina-bing, "Kayo'y mangagpuyat at magsipanalangin." Sa pasimula ay nabagabag ang kanilang loob nang makita nila ang kanilang Panginoon, na dati-rati'y karaniwan nang mahinahon at marangal, nguni't ngayon ay nakikipagpunyagi sa isang kalungkutang hindi nila malirip. Dumalangin sila nang marinig nila ang malalakas na daing ng naghihirap. Hindi nila balak na pabayaan ang kanilang Panginoon, subali't para silang hinila ng antok na hindi nila napaglabanan, na sana'y maiwawaksi nila kung nagpatuloy lamang silang nananalangin sa Diyos. Hindi nila nadama ang pangangailangan ng pagpupuyat at ng maningas na pananalangin upang mapaglabanan ang tukso.

Bago ibinaling ni Jesus ang Kaniyang mga hakbang patungo sa halamanan, ay sinabi Niya sa Kaniyang mga alagad, "Kayong lahat ay mangatitisod dahil sa Akin ngayong gabi." Mahigpit naman silang
[1001] nagsipangakong sila'y magsisisama sa Kaniya hanggang sa bilangguan at kamatayan. At ang kaawa-awa at mapagtaas-sa-sariling si Pedro ay nagsabi pang, "Bagama't mangatitisod ang lahat, nguni't ako'y hindi." Maros 14:27, 29. Nguni't ang mga alagad ay nagtiwala sa sarili nila. Hindi sila nagsiasa sa makapangyarihang Tagatulong gaya ng ipinayo ni Kristong gawin nila. Kaya nga nang sandaling kailangang-kailangan ng Tagapagligtas ang kanilang pakikiramay at mga pananalangin, ay natagpuan silang nangatutulog. Pati si Pedro ay natutulog din.

At si Juan, ang alagad na maibiging sumandal sa dib-dib ni Jesus, ay natutulog. Tunay na ang pag-ibig ni Juan sa kaniyang Panginoon ay dapat sanang nakapagpanatili sa kaniyang gising. Ang maalab niyang pananalangin ay dapat sanang nakilakip sa panalangin ng pinakamamahal niyang Tagapagligtas sa panahon ng matinding kalung-kutan Nito. Ginugol ng Manunubos ang magdamag sa pananalangin para sa Kaniyang mga alagad, upang huwag magkulang ang kanilang pananampalataya. Kung ngayo'y itatanong uli

ni Jesus kina Santiago at Juan ang katanungang itinanong Niyang minsan sa kanila na, "Mangyayari bagang inuman ninyo ang sarong malapit nang Aking inuman, at mangababautismuhan sa bautismo na ibinautismo sa Akin?" ay hindi sana sila nangahas sumagot na, "Mangyayari." Mateo 20:22.

Nagising ang mga alagad nang marinig nila ang tinig ni Jesus, nguni't hindi nila halos makilala Siya, palibhasa'y nag-ibang lubha ang Kaniyang mukha dahil sa tindi ng hapis. Hinarap ni Jesus si Pedro at sinabi, "Simon, natutulog ka baga? hindi ka ba makapagpuyat nang isang oras? Kayo'y mangagpuyat at magsipanalangin, upang huwag kayong magsipasok sa tukso. Ang espiritu sa katotohanan ay may ibig, datapwa't mahina ang laman." Ang kahinaan ng Kaniyang mga alagad ay nakapukaw ng pakikiramay ni Jesus. Nag-alaala Siyang baka hindi nila makaya ang pagsubok na darating sa kanila [1002]
pagka Siya'y ipinagkanulo na at pinatay. Hindi Niya sila sinuwatan kundi sinabi Niya, "Kayo'y mangagpuyat at magsipanalangin, upang huwag kayong magsipasok sa tukso." Hanggang sa Kaniyang malaking paghihirap ng loob at kadalamhatian, sinisikap pa rin Niyang ipatawad o pagpaumanhinan ang kanilang kahinaan. "Ang espiritu sa katotohanan ay may ibig," sabi Niya, "datapwa't mahina ang laman."

Muling piniyapis ang Anak ng Diyos ng kalungkutang higit sa kayang paglabanan ng tao, at nanghihina at nanlulumong Siya'y pasuray-suray na bumalik sa pook na dati Niyang pinananalanginan. Ang paghihirap ng loob Niya ay higit pang matindi kaysa nang una. Nang piyapisin Siya ng paghihirap ng kaluluwa, "ang Kaniyang pawis ay naging gaya ng malalaking patak ng dugo na nagsisitulo sa lupa." Ang mga punong sipres at mga punong palma ay mga piping saksi ng Kaniyang paghihirap ng loob. Buhat sa malalabay na sanga ng mga ito ay pumatak sa Kaniyang lupaypay na anyo ang malalaking patak ng hamog, na para bagang ang kalikasan ay tumatangis sa Maylalang sa kanila sa mag-isang pakikipagpunyagi Nito sa mga kapangyarihan ng kadiliman.

Nang ilang sandaling nakaraan, si Jesus ay nakatindig na tulad sa isang matibay na sedro, na nakikilaban sa bagyo ng pag-uusig na humahampas nang buong bangis sa Kaniya. Walang nangyari sa pagsisikap ng mga matitigas na kalooban at mga pusong puno ng kasamaan at katusuhan na Siya'y lituhin at gapiin. Tumayo Siyang

taglay ang banal na karangalang tulad ng Anak ng Diyos. Ngayon ay tulad Siya sa isang puno ng tambong hina-hampas at binabaluktot ng nagngangalit na bagyo. Sumapit na Siya sa karurukan ng Kaniyang gawain bilang isang mananagumpay, na sa bawa't hakbang ay nag-
[1003] wagi sa kapangyarihan ng kadiliman. Palibhasa'y naluwalhati na Siya, naangkin Niya ang pagiging-kaisa ng Diyos. Sa mga awit Niya ng pagpupuri ay maluwag ang daloy ng Kaniyang tinig. Nagsalita Siya sa Kaniyang mga alagad ng mga salita ng pagmamahal at pampalakas ng loob. Dumating na ngayon ang oras ng kapangyarihan ng kadiliman. Narinig ngayon sa katahimikan ng gabi ang Kaniyang tinig, hindi sa himig ng pananagumpay, kundi lipos ng hinaing. Ang mga salita ng Tagapagligtas ay nakasapit sa mga pandinig ng nangag-aantok na mga alagad, "Oh Ama Ko, kung hindi mangyayaring makalampas sa Akin ang sarong ito, kundi inumin Ko, mangyari nawa ang Iyong kalooban."

Ang unang-unang naisip ng mga alagad ay ang lapitan Siya; nguni't pinagbilinan Niya silang manatili roon, na magpuyat sa pananalangin. Nang lapitan sila ni Jesus, naratnan Niya silang nangatutulog. Muli na namang nadama Niya ang paghahangad ng pakikisama nila, ang paghahangad ng ilang pangungusap mula sa Kaniyang mga alagad na magdudulot ng kaginhawahan, at papawi sa sapot ng kadilimang lumulukob sa Kaniya. Nguni't lubhang nangabibigatan ang kanilang mga mata; "wala silang maalamang sa Kaniya'y isagot." Nagising sila sa harap Niya. Nakita nilang ang Kaniyang mukha ay may bakas ng pawis at dugo, at sila'y nahintakutan. Ang paghihirap ng Kaniyang isip ay hindi nila maunawaan. "Ang Kaniyang mukha ay napakakatwa kaysa kaninumang lalaki, at ang Kaniyang anyo ay higit na kumatwa kaysa mga anak ng mga tao." Isaias 52:14.

Pagpihit ni Jesus ay tinungo Niya uli ang dati Niyang pook na panalanginan, at nagpatirapa, dahil sa pagkalagim sa salimuot na kadiliman. Ang pagka-tao ng Anak ng Diyos ay nanginig sa napakahirap na sandaling yaon. Ngayo'y idinalangin Niya hindi ang Kaniyang mga alagad upang huwag magkulang ang kanilang
[1004] pananampa-lataya, kundi ang sarili Niyang natutukso't naghihirap na kaluluwa. Sumapit na ang kakila-kilabot na sandali— ang sandaling yaon na magpapasiya sa kapalaran ng sanlibutan. Ang kapalaran ng sangkatauhan ay nayayanig sa timbangan. Matatanggihan pa rin

ni Kristo ngayon na inuman ang sarong nakalaan sa nagkasalang sangkatauhan. Hindi pa totoong huli. Maaari pa Niyang pahirin ang mga pawis na dugo na nasa Kaniyang mukha, at iwan ang tao na mapahamak sa kaniyang kasamaan. Maaari Niyang sabihing, Bayaan ang mananalansang na tumanggap ng parusa sa kaniyang pagkakasala, at Ako'y babalik sa Aking Ama. Iinumin ba ng Anak ng Diyos ang mapait na saro ng pangangayupapa at paghihirap? Pagdudusahan ba ng walang-sala ang mga bunga ng sumpa sa kasalanan, upang iligtas ang mga maysala? Nanginginig ang mga mamad na labi ni Jesus nang mamutawi ang mga salitang, "Oh Ama Ko, kung hindi mangyayaring makalampas sa Akin ang sarong ito, kundi inumin Ko, mangyari nawa ang Iyong kalooban."

Tatlong ulit Niyang binigkas ang panalanging yaon. Tatlong ulit na nangunti ang sangkatauhan sa kahuli-hulihan at pangwakas na sakripisyo. Datapwa't ngayon ay napaharap na sa Manunubos ng sanlibutan ang kasay-sayan ng sangkatauhan. Nakita Niya na ang mga mananalansang ng kautusan, kung iiwan at pababayaang magisa sa kanilang mga sarili, ay walang-pagsalang mapapa-hamak. Nakita Niya ang kawalang-magagawa ng tao. Nakita Niya ang kapangyarihan ng kasalanan. Ang mga kapighatian at mga panaghoy ng hinatulang sanlibutan ay tumayo sa harap Niya. Namasdan Niya ang sasapitin nitong kapalaran, at yari na ang Kaniyang pasiya. Ililigtas Niya ang tao anuman ang mangyari sa Kaniyang sarili. Tinanggap Niya ang bautismo ng dugo, upang sa pamamagitan Niya ay magtamo ng buhay na walang-hanggan ang mga angaw-angaw na mapapahamak. Iniwan Niya ang mga palasyo ng langit, na doon ang lahat ay malinis, maligaya, at maluwalhati, upang iligtas [1005]
ang isang nawaglit na tupa, ang kaisa-isang sanlibutang nahulog sa pagkakasala. At hindi Niya tatalikuran ang Kaniyang misyon. Siya ang magiging pampalubag-loob ng isang lahing sinadya ang magkasala. Ang Kaniyang panalangin ngayon ay nagpapakilala ng pagpapasakop: "Kung hindi mangyayaring makalampas sa Akin ang sarong ito, kundi inumin Ko, mangyari nawa ang Iyong kalooban."

Nang magawa na Niya ang pasiya, ay natimbuwang Siyang parang patay sa lupa. Saan naroon ngayon ang Kaniyang mga alagad, upang alalayan ang ulo ng kanilang nanghihinang Panginoon, at pahiran ang noong nadungisan nang higit kaysa mga anak ng mga

tao? Nag-iisang lumusong ang Tagapagligtas sa alilisan ng alak, at wala Siyang nakasamang sinumang tao.

Nguni't ang Diyos ay nagtiis ding kasama ng Kaniyang Anak. Namasdan ng mga anghel ang paghihirap ng Tagapagligtas. Nakita nilang naligid ng mga hukbo ni Satanas ang kanilang Panginoon, ang Kaniyang buong kaanyuan ay pinahihirapan ng isang nakapangangatal at mahiwagang pagkatakot. Nagkaroon ng katahimikan sa langit. Walang sinumang kumalabit ng alpa. Kung natanaw lamang ng mga tao ang panggigilalas ng hukbo ng mga anghel nang sa tahimik nilang paghihinagpis ay namasdan nilang inihihiwalay ng Ama sa Kaniyang pinakaiibig na Anak ang Kaniyang mga sinag ng liwanag, pag-ibig, at kaluwalhatian, ay lalo nilang mapaguunawa kung gaano kasuklam-suklam ang kasalanan sa Kaniyang paningin.

Matamang pinanood ng mga sanlibutang di-nagkasala at ng mga anghel sa langit nang may matinding pananabik ang tunggalian hanggang sa natapos. Si Satanas at ang lahat niyang mga kasamang
[1006] masama, at ang buong hukbo ng mga nagsitalikod, ay matamang nagmasid sa malaking krisis na ito sa gawain ng pagtubos. Ang mga kapangyarihan ng mabuti at masama ay nagsipaghintay upang makita kung ano ang isasagot sa makaitlong inulit na panalangin ni Kristo. Ninais ng mga anghel na hatdan ng tulong na ginhawa ang banal na naghihirap, nguni't ito'y hindi mangyayari. Walang magagawang pag-iwas ang Anak ng Diyos. Sa kakila-kilabot na krisis na ito, nang ang lahat ng bagay ay nakataya, nang ang mahiwagang saro ay nanginginig sa pagkaka-tangan ng nagdurusa, ay nabuksan ang langit, isang liwanag ang naglagos sa masungit na kadiliman, at ang makapangyarihang anghel na nakatayo sa piling ng Diyos, na siyang humalili sa tungkuling kinahulugan ni Satanas, ay sumapiling ni Kristo. Dumating ang anghel hindi upang kunin ang saro sa kamay ni Kristo, kundi upang palakasin Siya na inumin ito, taglay ang pangakong Siya'y iniibig ng Ama. Dumating ito upang magbigay ng lakas sa Diyos-taong namamanhik. Itinuro nito sa Kaniya ang nakabukas na langit, at sinabi ang tungkol sa mga kaluluwang maliligtas bilang bunga ng Kaniyang mga pagpapakahirap. Tiniyak nito sa Kaniya na ang Kaniyang Ama ay higit na makapangyarihan kaysa kay Satanas, na ang Kaniyang kamatayan ay magbubunga ng lubos na pagkagapi ni Satanas, at ang kaharian ng sanlibutang ito ay mabibigay sa mga banal ng Kataastaasan. Sinabi nito sa Kaniya

na makikita Niya ang pagdadalamhati ng Kaniyang kaluluwa, at Siya'y masisiyahan, sapagka't makikita Niya ang isang malaking karamihan ng mga taong naligtas, naligtas magpakailanman.

Ang paghihirap ni Kristo ay hindi nagbawas, nguni't napawi naman ang Kaniyang panlulumo at panlulupaypay. Hindi pa huminto ang bagyo, subali't Siya na sina-salakay ay napalakas na upang masagupa ang kabangisan nito. Ngayo'y panatag na Siya at tahimik. Nabadha sa mukha Niyang dugu-duguan ang kapayapaan ng langit. [1007]
Nabata Niya ang hinding-hindi kailanman mababata ng sinumang tao; sapagka't nalasap Niya ang mga hirap ng kamatayan para sa bawa't tao.

Ang nangatutulog na mga alagad ay biglang ginising ng liwanag na nakapaligid sa Tagapagligtas. Nakita nila ang anghel na nakayukong naglilingkod sa nakadapa nilang Panginoon. Nakita nilang inangat nito ang ulo ng Tagapagligtas at isinandal sa kaniyang dibdib, at itinuro ang langit. Napakinggan nila ang tinig nito, na tulad sa pinakamatamis na tugtugin, na nagsasalita ng mga katagang umaaliw at nagbibigay ng pag-asa. Naala-ala ng mga alagad ang tagpo o tanawing nakita nila sa bundok ng pagbabagong-anyo. Naalaala nila ang kaluwalhatiang bumalot kay Jesus doon sa templo, at ang tinig ng Diyos na nagsalita mula sa alapaap. Ngayon ay muling nakita ang kaluwalhatian ding iyon, at hindi na sila nag-alaala pa sa kanilang Panginoon. Siya ay nasa ilalim ng pag-iingat ng Diyos; isang makapangyarihang anghel ang isinugo upang Siya'y ipagsanggalang. Sa matinding kapaguran ng mga alagad ay muli na naman silang napanagumpayan ng kakatwang pag-aantok. At naratnan na naman sila ni Jesus na nangatutulog.

May kalumbayang minasdan Niya sila at Kaniyang sinabi, "Mangatulog na kayo, at mangagpahinga: narito, malapit na ang oras, at ang Anak ng tao ay ipinagkaka-nulo sa mga kamay ng mga makasalanan."

Namumutawi pa lamang sa Kaniyang mga labi ang mga salitang ito, ay narinig na Niya ang mga yabag ng maraming masasamang tao na naghahanap sa Kaniya, at sinabi Niya, "Magsitindig kayo, hayo na tayo: narito, malapit na ang nagkakanulo sa Akin."

Wala na ang mga bakas ng Kaniyang katatapos na paghihirap nang si Jesus ay sumalubong sa nagkanulo sa Kaniya. Nagpauna Siya sa Kaniyang mga alagad at nagsabi, "Sino ang inyong hina-

[1008] hanap?" Sila'y nagsisagot, "Si Jesus na taga-Nazareth." Sumagot si Jesus, "Ako nga." Nang sinasasalita Niya ang mga pangungusap na ito ang anghel na nang nakalipas na sandali'y naglingkod kay Jesus ay lumagay sa pagitan Niya at ng masasamang tao. Isang liwanag na mula sa Diyos ang nagningning sa mukha ng Tagapagligtas, at isang anyong gaya ng kalapati ang lumukob sa Kaniya. Sa harap ng ganitong kaluwalhatiang buhat sa Diyos, ay hindi nakatayo sa loob ng isang sandali ang tampalasang karamihan. Sila'y pasuray-suray na nangapaurong. Nangalugmok na parang patay sa lupa ang mga saserdote, mga matatanda, mga kawal, at pati si Judas.

Umurong ang anghel, at naparam ang liwanag. May pagkakataon sana si Jesus na makatakas, nguni't hindi Siya umalis, nanatili Siyang payapa at mahinahon. Bilang isa na naluwalhati ay tumayo Siya sa gitna ng mga pusakal na masasamang tao, na ngayo'y nakatimbuwang at walang-magawa sa Kaniyang paanan. Tahimik na nagmamalas ang mga alagad na taglay ang panggigilalas at pangingilabot.

Nguni't biglang nagbago ang tanawin. Bumangon ang pulutong ng masasamang tao. Pinaligiran si Kristo ng mga kawal na Romano, ng mga saserdote at ni Judas. Mandi'y napahiya sila sa kanilang kahinaan, at nangamba silang baka Siya'y makatakas pa. Muling nagtanong ang Manunubos, "Sino ang inyong hinahanap?" Nagkaroon na sila ng katibayan na ang nakatayo sa harap nila ay ang Anak ng Diyos, nguni't ayaw pa rin nilang paniwalaan. Sa tanong na, "Sino ang inyong hinahanap?" ay muli silang sumagot ng, "Si Jesus na taga-Nazareth." Nang magkagayo'y sinabi ng Tagapagligtas, "Sinabi Ko na sa inyo na Ako nga: kung Ako nga ang inyong hinahanap, ay pabayaan ninyo ang mga ito na magsiyaon sa kanilang lakad"—na itinuturo ang mga alagad. Batid Niya
[1009] kung gaano kahina ang kanilang pananampalataya, at pinagsikapan Niyang maipagsanggalang sila sa tukso at pagsubok. Handa Siyang mag-alay ng Kaniyang sarili alang-alang sa kanila.

Hindi kinalimutan ni Judas na tagapagkanulo ang bahaging kaniyang gagampanan. Nang pumasok sa halamanan ang pulutong ng masasamang tao, siya ang nangu-nguna sa daan, at sinusundan naman siya ng dakilang saserdote. Nagbigay siya ng isang tanda o hudyat sa mga magsisihuli, na sinasabi, "Ang aking hagkan, ay Yaon nga: hulihin ninyo Siya." Mateo 26:48. Ngayo'y nagkunwari

siyang hindi nila kasama. Lumapit siya kay Jesus at hinawakan Siya sa kamay na parang isang matalik na Kaibigan. Kasabay ng mga salitang, "Magalak, Rabi," ay hinagkan niya Siya nang paulit-ulit, at nag-anyo siyang tumatangis na parang nakikiramay sa Kaniya sa Kaniyang kapanganiban.

Sinabi sa kaniya ni Jesus, "kaibigan, sa anong dahilan ka naparito?"Nanginginig ang Kaniyang tinig sa taglay na kalungkutan nang idugtong Niyang, "Judas, sa isang halik baga ay ipinagkakanulo mo ang Anak ng tao?" Ang pangungusap na ito'y dapat sanang nakapukaw sa budhi ng tagapagkanulo, at nakakilos sa matigas niyang puso; nguni't nawala na sa kaniya ang karangalan, katapatan, at ang pagmamahal sa tao. Nasa anyo ng kaniyang pagkakatayo ang katapangan at ang paglaban, na nagpapakilalang hindi na maglulubag ang kaniyang loob. Ibinigay na niya ang kaniyang sarili kay Satanas, at wala siyang kapangyarihan upang ito'y labanan. Hindi tinanggihan ni Jesus ang halik ng taksil.

Lalo nang tumapang ang pulutong nang makita nilang hinawakan ni Judas Siya na nang ilang sandaling nakararaan ay naluwalhati sa harap nila. Sinunggaban nila ngayon si Jesus, at tinalian ang mga kamay na lagi nang ginagamit sa paggawa ng mabuti.

Inakala ng mga alagad na hindi tutulutan ng kanilan Panginoon [1010]
na Siya ay hulihin. Sapagka't ang kapangyarihang nagpatimbuwang sa pulutong ng masasamang tao at natulad sa mga patay ay siya ring magpapahina sa mga ito, hanggang sa si Jesus at ang Kaniyang mga kasama ay makatakas. Nangabigo sila at nangagalit nang makita mlang inilabas na ang lubid upang talian ang mga kamay Niyaong kanilang minamahal. Sa galit ni Pedro ay mabilis niyang binunot ang kaniyang tabak at sinikap na ipagsanggalang ang kaniyang Panginoon, nguni't natigpas lamang niya ang isang tainga ng alipin ng dakilang saserdote. Nang makita ni Jesus ang nangyari, kinalagan Niya ang natatalian Niyang mga kamay, bagaman mahigpit na hawak ng mga kawal na Romano, at nagsabi, "Pabayaan ninyo sila hanggang dito," at saka Niya hinipo ang nasugatang tainga, at ito'y karaka-rakang gumaling. Nang magkagayo'y sinabi Niya kay Pedro, "Isauli mo ang iyong tabak sa kaniyang lalagyan: sapagka't ang lahat ng nangagtatangan ng tabak ay sa tabak mangamamatay. Inaakala mo baga na hindi Ako makapamamanhik sa Aking Ama, at padadalhan Niya Ako ngayon din ng mahigit sa labindaiawang pulu-

tong ng mga anghel?"—isang pulutong para sa bawa't isang alagad. Oh, bakit, tanong ng mga alagad, hindi Niya iligtas ang Kaniyang sarili at tayo? Bilang tugon sa kanilang di-mabigkas na iniisip, ay sinabi pa ni Jesus, "Kung gayo'y paano bagang mangatutupad ang mga kasulatan, na ganyan ang nauukol na mangyari?" "Ang sarong sa Akin ay ibinigay ng Aking Ama, ay hindi ko baga iinuman?"

Ang dangal ng tungkuling hawak ng mga pinunong Hudyo ay hindi nakapigil sa kanila sa pagsama sa paghanap kay Jesus. Ang paghuli sa Kaniya ay isang bagay na totoong mahalaga upang ipagkatiwala sa mga tauhan; ang mga tusong saserdote at mga
[1011] matatanda ay nakisama sa mga pulis ng templo at sa masasamang karamihan sa pagsunod kay Judas sa Gethsemane. Ano ngang pulutong ito upang samahan ng mga may matataas na katungkulan—isang magugulo at masasamang karamihan na sabik sa katuwaan o kalinggalan, at nasasandatahan ng lahat ng mga uri ng sandata, na para bagang humahabol ng isang mabangis na hayop!

Binalingan ni Kristo ang mga saserdote at mga matatanda, at itinuon sa kanila ang Kaniyang nananaliksik na titig. Ang mga salitang binigkas Niya ay hindi nila malilimutan habang sila'y nabubuhay. Tulad ang mga iyon sa matatalim na palaso ng Makapangyarihan sa lahat. Taglay ang dangal na sinabi Niya: Narito kayo laban sa Akin na may mga dalang tabak at mga panghampas na parang kayo'y humuhuli ng isang tulisan o isang magnanakaw. Araw-araw ay nauupo Ako at nagtuturo sa templo. Napasainyo ang lahat ng pagkakataon upang Ako'y inyong sunggaban, nguni't wala kayong ginawang anuman. Ang gabi ay lalong nababagay sa inyong gawain. "Ito ang inyong oras at ang kapangyarihan ng kadiliman."

Nasindak ang mga alagad nang makita nilang pinahintulutan ni Jesus na Siya'y hulihin at gapusin. Naginit ang kanilang loob sa pagkakadusta sa Kaniya at sa kanila. Hindi nila maubos-maisip ang Kaniyang ikinilos o ginawi, at sinisi nila Siya sa pagpapahuli sa masa-samang karamihan. Sa pag-iinit ng kanilang loob at pagkatakot, ay iminungkahi ni Pedrong iligtas nila ang kanilang mga sarili. Bilang pagsunod sa mungkahing ito, "iniwan Siya ng lahat, at nagsitakas." Nguni't ang bagay na ito ay hinulaan na o ipinagpauna nang sinabi. ni Kristo. "Narito," sinabi Niya, "ang oras ay dumarating, oo, dumating na, na kayo'y mangangalat, ang bawa't tao sa kaniya-kaniyang sarili, at Ako'y iiwan ninyong mag-isa: at

gayunma'y hindi Ako nag-iisa, sapagka't ang Ama ay sumasa Akin."
Juan 16:32. [1012]

# Kabanata 75—Sa Harap ni Anas at ng Hukuman ni Caipas

Ang kabanatang ito ay batay sa Mateo 26:57-75; 27:1; Marcos 14:53-72; 15:1; Lukas 22:54-71; Juan 18:13-27.

Madalian nilang itinawid si Jesus sa batis Kedron, nilampasan ang mga halamanan at mga olibuhan, at tinalunton ang mga tahimik na lansangan ng natutulog na lungsod. Lampas na ang hatinggabi, at ang sigawan ng magugulong karamihan na nagsisunod sa Kaniya ay pumunit sa katahimikan. Nakagapos ang Tagapagligtas at mahigpit na binabantayan, at hirap na hirap Siya sa Kaniyang pagkilos. Datapwa't sa pagmamadali ng mga nagsihuli sa Kaniya ay doon nila Siya nadala sa palasyo ni Anas, ang dating dakilang saserdote.

Si Anas ang pangulo ng nanunungkulang kaanakang saserdote, at bilang paggalang sa kaniyang katandaan ay kinikilala siya ng bayan na dakilang saserdote. Hini-hingi nila ang kaniyang payo at tinutupad iyon na parang tinig ng Diyos. Dapat muna niyang makita na si Jesus ay bihag ng kapangyarihan ng saserdote. Kailangang siya'y kaharap sa paglilitis sa bilanggo, baka ang kulang-sa-karanasang si Caifas ay hindi makapaglagda ng hatol na sinisikap nilang siyang mailagda. Kailangang magamit sa pagkakataong ito ang kaniyang
[1013] kasuwitikan, katusuhan, at pagkamaparaan; sapagka't anuman ang mangyari, ay dapat matiyak ang hatol kay Kristo.

Si Kristo ay dapat sanang litisin sa harap ng Sanedrin; nguni't sa harap ni Anas ay ipinailalim Siya sa isang paunang paglilitis o *preliminary trial*. Ayon sa batas ng Roma ay hindi makapagpapatupad ng hatol na kamatayan ang Sanedrin. Masisiyasat lamang nila ang isang bilanggo, makapaggagawad ng hatol, na dapat pagtibayin ng mga maykapangyarihan sa Roma. Dahil dito ay kailangang makapagharap ng mga paratang laban kay Kristo na ituturing na kriminal ng pamahalaan ng Roma. Kailangan din ang isang paratang na hahatol sa Kaniya sa paningin ng mga Hudyo. Hindi kakaunti sa mga saserdote at mga pinuno ang nasumbatan ng mga turo o

aral ni Kristo, at kaya lamang hindi nila itinanyag Siya ay dahil sa takot nilang sila'y itiwalag sa sinagoga. Buhay pa sa alaala ng mga saserdote ang tanong ni Nicodemo, "Hinahatulan baga ng ating kautusan ang isang tao, malibang siya muna'y dinggin, at talastasin kung ano ang kaniyang ginagawa?" Juan 7:51. Ang tanong na ito ay sandaling panahong gumulo sa kapulungan, at sumira sa kanilang mga panukala. Si Jose na taga-Arimatea at si Nicodemo ay kapwa hindi ipinatawag ngayon, subali't mayroon pang iba na maaaring mangahas na magsalita nang ayon sa katarungan. Ang paglilitis ay dapat isagawa sa isang paraang makapagkakaisa ang mga kagawad ng sanedrin laban kay Kristo. May dalawang paratang na ibig ng mga saserdote na maitagu yod. Kung si Jesus ay mapatutunayang isang namumusong laban sa Diyos, Siya'y mahahatulan ng mga Hudyo. At kung mapatutunayang Siya'y nagkasala ng sedisyon o pang-uudyok ng pagbabangon laban sa pamahalaan, ay mahahatulan Siya ng mga Romano. Ang pangalawang paratang ang siyang unang sinikap ni Anas na mapagtibay. Tinanong niya si Jesus tungkol sa Kaniyang mga alagad at sa Kaniyang mga aral o doktrina, sa pag-asang ang bilanggo ay makapagsasabi ng anumang bagay na [1014] makapagbibigay sa Kaniya ng katunayang magagamit niya. Inisip niyang makakuha kay Kristo ng mga pangungusap na magpapatunay na Ito ay nagtatatag ng isang lihim na samahan, na ang layunin ay makapagtayo ng isang bagong kaharian. Kung magkagayo'y maibibigay ng mga saserdote si Jesus sa mga Romano bilang isang manggugulo ng kapayapaan at tagalikha ng paghihimagsik.

Nabasa ni Kristo na gaya ng isang bukas na aklat ang nilalayon ng saserdote. Para manding natutunghayan ang kaibuturan ng kaluluwa ng nagtatanong sa Kaniya, itinatwa Niyang Siya at ang Kaniyang mga alagad ay may anumang lihim na tali ng pagkakaisa, ni tinitipon man Niya sila nang palihim at sa dilim upang ikubli ang Kaniyang mga panukala. Wala Siyang mga inililihim tungkol sa Kaniyang mga panukala o mga aral. "Ako'y hayag na nagsalita sa sanlibutan," ang tugon Niya, "Ako'y laging nagtuturo sa mga sinagoga, at sa templo, na siyang laging pinagkakatipunan ng lahat ng mga Hudyo; at wala Akong sinalita sa lihim."

Ipinakilala ng Tagapagligtas na ibang-iba ang Kaniyang paraan ng paggawa kaysa mga paraan ng mga nagsisiusig sa Kaniya. Mga buwan na ang nagugugol sa paghanap nila sa Kaniya, na sinisikap

na Siya'y masilo at madala sa harap ng isang lihim na hukuman, na doo'y maaring matamo nila sa pamamagitan ng panunumpa ng kasinungalingan ang bagay na di-maaaring makuha sa makatarungang pamamaraan. Ngayo'y isinasakatuparan na nila ang kanilang panukala. Ang paghuli sa Kaniya sa hatinggabi ng magulong karamihan, ang panlilibak at pagmamalabis nila sa Kaniya hindi pa man Siya nahahatulan, o napararatangan man, ay siya nilang paraan ng paggawa, at hindi Kaniyang paraan. Ang ginawa nila ay labag sa
[1015] batas o sa kautusan. Ang sarili nilang mga batas ay nagsasabing ang bawa't tao ay dapat tratuhin o paki-tunguhang gaya ng isang walang-kasalanan hanggang sa ito'y mapatunayang nagkasala. Sarili na rin nilang mga batas ang humatol sa mga saserdote.

Binalingan ni Jesus ang nagtatanong sa Kaniya, at nagwika, "Bakit Ako'y iyong tinatanong?" Hindi ba ang mga saserdote at mga pinuno ay nagsugo ng mga tiktik upang matyagan ang Kaniyang mga kilos, at iulat ang bawa't salita Niya? Hindi ba't kaharap silang lagi sa lahat ng pagtitipon ng bayan, at ipinatatalastas naman sa mga saserdote ang lahat Niyang mga sinasabi at mga ginagawa? "Tanungin mo silang nangakarinig sa Akin kung anong sinalita Ko sa kanila," tugon ni Jesus, "narito, ang mga ito ang nangakakaalam ng mga bagay na sinabi Ko."

Natigilan si Anas sa isinagot sa kaniya. Sa pag-aala-alang baka si Kristo'y makapagsabi pa ng tungkol sa kaniyang mga ginagawa na nais niyang manatiling lihim, ay hindi na siya nagsalita pa ng anuman sa Kaniya sa sandaling ito. Isa sa mga pinuno niya, dala ng galit sapagka't nakita nitong natigilan si Anas, ay sinampal si Jesus sa mukha, na sinasabi, "Ganyan ang pagsagot Mo sa dakilang saserdote?"

Mahinahong sumagot si Kristo, "Kung Ako'y nagsalita ng masama, patotohanan mo ang kasamaan: datapwa't kung mabuti, bakit mo Ako sinampal?" Hindi Siya gumanti ng maiinit na salita. Ang mahinahon Niyang sagot ay nagbuhat sa isang pusong walang-kasalanan, matiisin, at banayad, na hindi napagagalit.

Lubhang pinagmalabisan at hinamak si Kristo. Tinang-gap Niya ang lahat ng kadustaan sa mga kamay ng mga kinapal na Kaniyang nilalang, at siyang dahilan ng gina-gawa Niya ngayong walang-hanggang pagpapakasakit. At nagbata Siya ayon sa sukat ng kasakdalan ng Kaniyang kabanalan at ng Kaniyang pagkapoot sa kasalanan.

Ang paglitis sa Kaniya ng mga taong natulad sa mga halimaw ay isang walang-hanggang sakripisyo sa Kaniya. Ipinaghihimagsik ng Kaniyang damdamin ang mapaligiran Siya ng mga taong pinaghaharian ni Satanas. At batid Niyang sa isang sandali lamang, kung gagamitin lamang Niya ang Kaniyang kapangyarihan ng pagka-Diyos, ay kagyat Niyang maibubuwal sa alabok ang mga nagpapahirap sa Kaniya. Lalo nitong pinapaging mahirap na tiisin ang paglilitis. [1016]

Ang mga Hudyo ay naghihintay sa isang Mesiyas na mahahayag sa isang paraang marangal at marangya. Inasahan nila Siya, na sa pamamagitan ng isang bugso ng Kaniyang kapangyarihan, ay mababago Niya ang takbo o daloy ng pag-iisip ng mga tao, at mapipilit silang tang-gapin ang Kaniyang pagiging lubos na makapangyarihan. Ang paniwala nila, ay sa ganitong paraan Siya mabubunyi at mabibigyang-kasiyahan ang matatayog nilang mga pag-asa. Kaya nga nang si Kristo'y pakitunguhang may paghamak, ay dumating sa Kaniya ang matinding tukso na ipakita ang Kaniyang likas na pagka-Diyos. Sa pama-magitan ng isang salita, ng isang tingin, ay mapipilit Niya ang mga nagsisiusig sa Kaniya na magsipagpahayag na Siya ay Panginoong nakahihigit sa mga hari at mga pinuno, sa mga saserdote at templo. Nguni't tungkulin Niyang manatili sa katayuan o kalagayang pinili Niya na maging isa sa mga tao.

Nasaksihan ng mga anghel sa langit ang bawa't kilos na ginawa laban sa kanilang minamahal na Komandante. Hangad nilang iligtas si Kristo. Sa pangangasiwa ng Diyos, ang mga anghel ay makapangyarihan sa lahat. Sa isang pagkakataon, sa pagtalima nila sa utos ni Kristo, ay pumatay sila sa hukbo ng Asiria sa isang gabi ng sandaan at walumpu't limang libong katao. Kaydali ngang magagawa ng mga anghel, na nakakakita sa nakahihiyang tanawin ng pagliligtas kay Kristo, na ipakilala ang kanilang galit sa pamamagitan ng pagpuksa sa mga kaaway ng Diyos! Datapwa't hindi sila inutusang [1017]
gumawa nito. Siya na makapagpaparusa ng kamatayan sa Kaniyang mga kaaway ay nagtiis ng kanilang kalupitan. Ang pagibig Niya sa Kaniyang Ama, at ang Kaniyang pangako, na ginawa noong itatag ang sanlibutan, na maging Tagapagdala ng Kasalanan, ay umakay sa Kaniya upang tiising walang-tutol ang magaspang na inaasal sa Kaniya ng mga pinarituhan Niya upang iligtas. Sa Kaniyang pagiging-ao ay bahagi ng Kaniyang misyon ang magtiis ng lahat ng

mga pagkutya at mga pagmamalabis na maipapataw ng mga tao sa Kaniya. Ang tanging pag-asa ng sangkatauhan ay ang pagpapasakop na ito ni Kristo sa lahat ng Kaniyang matitiis sa mga kamay at mga puso ng mga tao.

Si Kristo ay walang sinabing anumang bagay na makapagbibigay ng kalamangan sa mga nagpaparatang sa Kaniya; gayunman Siya'y nagagapos, upang ipakilalang Siya ay nahatulan. Gayon pa man, dapat magkaroon ng pagkukunwari na katarungan ang pinaiiral o sinusunod. Kailangang magkaroon ng anyo ng paglilitis na ayon sa batas. Ito'y ipinasiya ng mga maykapangyarihan na madaliin. Batid nila ang pagtingin ng mga tao kay Jesus, at sila'y nangangambang baka kung mabalitaan ng marami ang paghuli sa Kaniya, ay maaaring tangkain ang pagagaw at pagliligtas sa Kaniya. At saka, kung hindi mamadaliin ang paglilitis at pagpatay sa Kaniya, ay maaantala ito nang isang linggo dahil sa pagdiriwang ng Paskuwa. Ito'y maaaring makasira ng kanilang mga panukala. Upang mapahatulan nila si Jesus ay inasahan nila ang sigaw ng magugulong karamihan, na marami sa mga ito ay mga manliligalig sa Jerusalem. Kung magkakaroon pa ng sanlinggong pagkaantala, ay lilipas na ang alingasngas, at magbabalik ang katahimikan. Ang lalong mabubuting tao ay mapupukaw na pumanig kay Kristo; marami ang haharap upang magpatunay na Siya'y walang-sala, at sasariwain ang lahat
[1018] ng mga makapangyarihan Niyang mga gawa. Ito'y makakikilos sa
[1019] lahat upang mamuhi sa Sanedrin. Kokondenahin ng mga tao ang kanilang mga pamamaraan, at si Jesus ay pawawalan, upang muli na namang igalang at pintuhuin ng mga karamihan. Kaya nga ipinasiya ng mga saserdote at mga pinuno na bago mahayag at malantad ang kanilang binabalak, ay maibigay na muna si Jesus sa mga kamay ng mga Romano.

Nguni't una sa lahat, dapat munang magkaroon ng maipararatang. Wala pa silang natatamong anuman. Iniutos ni Anas na dalhin si Jesus kay Caifas. Si Caifas ay kasamahan ng mga Saduceo, na ang iba sa mga ito ay siya ngayong mahihigpit na kaaway ni Jesus. Ang Caifas na ito, bagaman kulang sa tibay ng likas, ay kasimbagsik, matigas ang puso, at kasinliko ni Anas. Walang paraang hindi niya susubukin maipahamak lamang niya si Jesus. Ngayo'y mag-uumaga na, at napakadilim; sa pamamagitan ng liwanag ng mga sulo at mga parol ay inihatid si Jesus ng mga nasasandatahang pulutong sa

palasyo ng dakilang saserdote. Dito, samantalang nagdaratingan ang mga kagawad ng Sanedrin, ay muling tinanong ni Anas at Caifas si Jesus, nguni't walang nangyari.

Nang ang kapulungan ay magtipon sa bulwagan ng hukuman, ay umupo si Caifas sa panguluhan. Sa magkabilang panig ay nangaroon ang mga hukom, at ang mga tangi nang interesado sa paglilitis. Ang mga kawa! na Romano ay nangakabantay sa platapormang nasa ibaba ng luklukan. Sa paanan ng luklukan o trono ay naroong nakatayo si Jesus. Nakatuon sa Kaniya ang paningin ng lahat ng karamihan. Matindi ang umaaling damdamin sa lahat. Sa buong karamihan ay Siya lamang ang payapa at panatag. Ang simoy na pumaligid sa Kaniya ay wari manding nalilipos ng isang banal na impluwensiya.

Itinuring ni Caifas si Jesus na isa niyang kaagaw. Ang kasabikan [1020]
ng mga tao na mapakinggan ang Tagapagligtas, at ang pagiging handa nilang tanggapin ang Kaniyang mga turo, ay lumikha ng labis na pagkainggit ng dakilang saserdote. Subali't nang mapagmasdan ngayon ni Caifas ang bilanggo, ay humanga siya nang gayon na lamang sa marangal at kapita-pitagang tindig Nito. Pumasok sa kaniyang puso ang paniniwalang ang Taong ito ay kawangis ng Diyos. Nguni't bigla niyang iwinaksing may paglibak ang isipang ito. Kapagdaka'y narinig ang nangungutya't mapagpalalo niyang tinig na maatasan si Jesus na gumawa ng isa sa Kaniyang mga makapangyarihang himala sa harap nila. Nguni't parang walang narinig na anuman ang Tagapagligtas. Napaghambing ng mga tao ang linggal at galit na kilos nina Anas at Caifas at ang payapa at kagalang-galang na kaanyuan ni Jesus. Maging sa pag-iisip ng matitigas-ang-loob na karamihang yaon ay nagbangon ang katanungan, Ang tao bang ito na may kaanyuang kawangis ng Diyos ay hahatulang tulad sa isang kriminal?

Sa pagkahalata ni Caifas na nababago ang damdamin ng mga tao, minadali niya ang paglilitis. Nasa malaking kagulumihanan ang mga kaaway ni Jesus. Mapilit ang loob nilang Siya'y mahatulan, nguni't kung paano ito maisasakatuparan ay siyang hindi nila maalaman. Ang mga kagawad ng kapulungan ay nahahati sa mga Pariseo at sa mga Saduceo. Mahigpit ang pagkakahhgalit ng dalawang pangkating ito; may mga bagay ng paniniwala na ayaw nilang pag-usapan sa pangambang iyon ang pagsimula ng pag-aaway. Sa pamamagitan

ng ilang salita ni Jesus ay magagawa ni Jesus na ang mga ito na ang magsipag-away sa isa't isa, at sa gayo'y ma-alis ang galit nila sa Kaniya. Alam ito ni Caifas, at iniwasan niyang lumikha ng pagtatalo. Marami ang mga saksing makapagpapatunay na talagang
[1021] tinuligsa ni Kristo ang mga saserdote at ang mga eskriba, na tinawag Niya silang mga mapagpaimbabaw at mga mamamatay-tao; nguni't ang ganitong patotoo ay hindi dapat ipasok. Sa mga pakikipagtalo man ng mga Saduceo laban sa mga Pariseo ay ganyan din ang mga salitang kanilang ginamit. At ang ganitong patotoo ay hindi pahahalagahan ng mga Romano, na mga yamot din sa mga pagkukunwari ng mga Pariseo. Sagana ang katibayang talagang niwalang-halaga ni Jesus ang mga sali't saling sabi ng mga Hudyo, at hindi Niya pinagpitaganan ang marami sa kanilang mga palatuntunan o mga seremonya; subali't kung ang pag-uusapan ay ang mga sali't saling sabi ay magkalabang-magkalaban ang mga Pariseo at ang mga Saduceo; at ang katibayang ito ay hindi rin pahahalagahan ng mga Romano. Hindi rin mapangahasan ng mga kaaway ni Kristo na Siya ay paratangang lumalabag sa Sabbath baka kung suriin nila ay kanilang makilala ang likas ng Kaniyang gawain. Kung mahahayag ang mga himala Niya ng pagpapagaling, ay mabibigo ang sadyang nilalayon ng mga saserdote.

Nagsuhol ng mga bulaang saksi upang paratangan si Jesus na nagbabangon ng paghihimagsik at nagsisikap magtatag ng isang hiwalay na pamahalaan. Nguni't napatunayang malabo at nagkakasalungatan ang kanilang mga patotoo. Sa ilalim ng pagsisiyasat ay lumitaw na pinabulaanan nila ang kanilang sariling mga pahayag.

Noong nagsisimula pa lamang ang ministeryo ni Kristo ay sinabi Niya, "Igiba ninyo ang templong ito, at Aking itatayo sa tatlong araw." Sa masagisag na pangungusap ng hula, ay Kaniya ngang ipinagpaunang-sinabi ang Kaniyang pagkamatay at pagkabuhay na mag-uli. "Sinasalita Niya ang tungkol sa ternplo ng Kaniyang katawan." Juan 2:19, 21. Inakala ng mga Hudyo na ang tinutukoy ni Jesus ay ang tunay na templong nasa Jerusalem. Sa lahat ng mga sinabi ni Kristo, ay walang makita ang mga saserdote na anumang
[1022] mailaban sa Kaniya kundi ito. Kung babaligtarin nila ang Kaniyang mga pangungusap ay umaasa silang makalalamang sila. Nagpagod nang malaki ang mga Romano sa muling pagpa-patayo at pagpa-

paganda ng templo, at ito'y kanilang ipinagmalaki; ang anumang paghamak na ipakikita rito ay tiyak na kamumuhian nila. Dito'y magkakasundo ang mga Romano at mga Hudyo, ang mga Pariseo at mga Saduceo; sapagka't lahat sila'y may malaking paggalang sa templo. Sa bagay na ito ay nakasumpong sila ng dalawang makasasaksi na ang patotoo ay hindi gasinong nagkakasalungatan na gaya ng sa mga iba. Ang isa sa dalawang ito, na sinuhulan upang paratangan si Jesus, ay nagsabi, "Sinabi ng taong ito, Maigigiba ko ang templo ng Diyos, at muling itatayo ko sa tatlong araw." Sa ganyang paraan binaligtad ang mga pangungusap ni Kristo. Kung ang ibinalita lamang ay ang talagang sinalita Niya, hindi sana nila natamo ang Siya'y mahatulan ng Sanedrin. Kung si Kristo ay isang karaniwang tao lamang, gaya ng ipinalalagay ng mga Hudyo, ang Kaniyang mga ipinahayag ay magpapakilala lamang ng isang di-makatwiran at mayabang na diwa, nguni't hindi maituturing na isang pamumusong. Kahit na mga binaligtad ng mga bulaang saksi ang Kaniyang mga pangungusap, ay walang nasumpungan doon na maituturing ng mga Romano na isang kasalanang karapat-dapat sa kamatayan.

Matiyagang pinakinggan ni Jesus ang nagkakasalu-ngatang mga patotoo. Wala Siyang binigkas na anumang salita ng pagsasanggalang sa Kaniyang sarili. Sa di-kawasa'y nasilo, nalito, at nagalit ang mga nagpaparatang sa Kaniya. Wala pa ring mangyari sa ginagawang pagli-litis; waring mabibigo ang kanilang mga balak. Desperado na si Caifas. Isa na lamang ang natitirang paraan; dapat pilitin si Kristo na hatulan ang sarili Niya. Tumindig ang dakilang saserdote sa kaniyang kinalilikmuan sa bulwagan ng hukuman, [1023]
nakabadha sa kaniyang mukha ang galit, ang kaniyang tinig at kilos ay maliwanag na nagpapakilala na kung magagawa lamang niya ay sinaktan na sana niya ang bilanggong nasa kaniyang harapan. "Wala Kang isinasagot na anuman?" sigaw niya, "ano itong sinasaksihan ng mga ito laban sa Iyo?"

Hindi umimik si Jesus. "Siya'y napighati, gayunman nang Siya'y dinalamhati, ay hindi nagbuka ng Kaniyang bibig: gaya ng Kordero na dinadala sa patayan, at gaya ng tupang nasa harap ng mga manggugupit sa kaniya ay pipi, gayunma'y hindi Niya binuka ang Kaniyang bibig." Isaias 53:7.

Sa wakas, iniunat ni Caifas ang kaniyang kamay sa dakong langit, at kinausap si Jesus sa anyong gumagawa ng isang solemneng

panunumpa: "Kita'y pinapanunumpa alang-alang sa Diyos na buhay, na sabihin Mo sa amin kung Ikaw nga ang Kristo, ang Anak ng Diyos."

Sa ganitong pamanhik ay hindi makapananahimik si Kristo. May panahon ng pananahimik, at may panahon ng pagsasalita. Hindi Siya nagsalita hanggang hindi Siya tuwirang tinatanong. Batid Niyang sa pagsagot Niya ngayon ay tiyak nang Siya'y papatayin. Nguni't ang pamanhik ay ginawa alang-alang sa kataas-taasang kapamahalaan ng bansa, at pangalan ng Kataas-taasang Diyos. Hindi maaaring di-ipakilala ni Kristo ang pag-galang Niya sa kautusan. Higit pa sa rito, ang kaugnayan Niya sa Ama ay tinatanong. Kailangang maliwanag Niyang sabihin ang tunay Niyang likas at misyon. Sinabi ni Jesus sa Kaniyang mga alagad, "Kaya't ang bawa't kumilala sa Akin sa harap ng mga tao, ay kikilalanin Ko naman siya sa harap ng Aking Ama na nasa langit." Mateo 10:32. Ngayon ay inulit Niya ang aral sa pama-magitan ng sarili Niyang halimbawa.

Nakakiling ang lahat ng tainga upang makinig, at lahat ng mata
[1024] ay nakatuon sa Kaniya nang Siya ay sumagot, "Ikaw ang nagsabi." Isang liwanag na buhat sa langit ang wari manding suminag sa Kaniyang mukha nang magpatuloy Siya sa pagsasalita, "gayunma'y sinasabi Ko sa inyo, buhat ngayon ay inyong makikita ang Anak ng tao na nakaupo sa kanan ng kapangyarihan, at pumaparitong nasa mga alapaap ng langit."

Sandaling kumislap ang liwanag ng pagka-Diyos ni Kristo sa Kaniyang katawang-tao. Nangilabot ang daki-lang saserdote sa harap ng nananaliksik na paningin ng Tagapagligtas. Waring nababasa ng tinging yaon ang lihim niyang mga iniisip, at sinusubok ang kaniyang puso. Hindi niya kailanman nalimutan sa buong buhay niya ang nanunuot na titig na yaon ng inuusig na Anak ng Diyos.

"Buhat ngayon," wika ni Jesus, "ay inyong makikita ang Anak ng tao na nakaupo sa kanan ng kapangyarihan, at pumaparitong nasa mga alapaap ng langit." Sa mga pangungusap na ito ay ipinakita ni Kristo ang kabaligtaran ng nangyayari nang sandaling yaon. Siya, na Panginoon ng buhay at kaluwalhatian, ay uupo sa kanan ng Diyos. Siya ang magiging Hukom ng buong lupa, at walang sinumang makapaghahabol pa sa Kaniyang kapasiyahan. Kung magkagayo'y malalantad sa liwanag ng mukha ng Diyos ang lahat ng lihim na

bagay, at igagawad ang hatol sa bawa't tao ayon sa kaniyang mga gawa.

Nagitlahanan ang dakilang saserdote sa mga salita ni Kristo. Ang isipin na magkakaroon ng isang pagkabuhay na mag-uli ng mga patay, na sa panahong yaon ay tatayo ang lahat sa harap ng hukuman ng Diyos, upang tumanggap ng kagantihan ayon sa kani-kanilang mga gawa, ay isang bagay na ikinasisindak ni Caifas. Hindi niya ibig maniwalang sa haharapin ay tatanggap siya ng ganti ayon sa kaniyang mga gawa. Biglaang dumaan sa harap niya na parang isang panoorin ang mga tagpo ng huling paghuhukom. Sumandaling namalas niya ang nakasisindak na panoorin na parang nabuksan ang [1025]
mga libingan at nagsilabas ang mga patay nito, kasama na pati ng mga lihim na bagay na ang akala nila'y napatago na magpakailanman. Sumandaling nadama niya na parang siya'y nakatayo sa harap ng walang-hang-gang Hukom, na ang mga matang nakakakita ng lahat ng mga bagay, ay nakatunghay sa kaniyang kaluluwa, at inilalantad sa liwanag ang mga hiwagang ipinalalagay na napatago nang kasama ng mga patay.

Nagdaan ang panoorin sa paningin ng saserdote. Nasaktan siya, na Saduceo, ng mga salita ni Kristo. Tina-tanggihan ni Caifas ang aral tungkol sa pagkabuhay na mag-uli, sa paghuhukom, at sa buhay na haharapin. Ngayon ay nagalit siyang taglay ang bangis ni Satanas. Ang tao bang ito, na isang bilanggong nasa harap niya, ang babatikos sa kaniyang mga mahal na paniniwala? Hinapak niya ang kaniyang panlabas na kasuutan, upang makita ng mga tao ang pakunwari niyang pag-aagam-agam, at hiningi niyang ang bilanggo ay hatulan sa salang pamumusong nang wala nang pagsisiyasat pa. "Ano pa ang kailangan natin ng mga saksi?" sabi niya, "narito, ngayo'y narinig ninyo ang Kaniyang pamumusong. Anong inaakala ninyo?" At Siya'y hinatulan nilang lahat.

Kasalanan at galit ang magkalakip na umakay kay Caifas upang gawin ang ganito. Kinapopootan niya ang kaniyang sarili dahil sa paniniwala niya sa mga salita ni Kristo, at sa halip na hapakin ang puso niya sa tindi ng pagkadama ng katotohanan, at sa halip na amining si Jesus nga ang Mesiyas, ay hinapak niya ang kaniyang damit-saserdote upang ipakilala ang kaniyang mahigpit na pagtutol. Lubhang makahulugan ang ginawang ito. Bahagya nang nadama ni Caifas ang kahulugan nito. Sa ginawa niyang ito, na ginawa upang

impluwesiyahan ang mga hukom na hatulan si Kristo, ay hinatulan
[1026] ng dakilang saserdote ang sarili niya. Alinsunod sa kautusan ng Diyos ay hindi na siya karapat-dapat sa pagkasaserdote. Siya na rin ang naggawad ng hatol na kamatayan sa kaniyang sarili.

Hindi dapat hapakin ng isang saserdote ang kaniyang damit. Alinsunod sa kautusan ng mga Levita, ito'y ipinagbabawal at nilalapatan ng parusang kamatayan. Sa ilalim ng anumang mga pangyayari, sa anumang pagkakataon, ay hindi dapat hapakin ng saserdote ang kaniyang damit. Kaugalian ng mga Hudyo na hapakin ang damit kung namamatay ang mga kaibigan, subali't ang kaugaliang ito ay hindi ipinasusunod sa mga saserdote. Mahigpit na utos ang ibinigay ni Kristo kay Moises tungkol dito. Levitico 10:6.

Lahat ng isinusuot ng mga saserdote ay dapat maging buo at walang dungis. Sa pamamagitan ng magagandang damit na itong ukol sa tungkulin ay inilalarawan ang likas ng dakilang inaaninuhan, na si Jesukristo. Wala kundi kasakdalan sa pananamit at sa kilos, sa salita at sa diwa, ang tinatanggap ng Diyos. Siya ay banal, at ang Kaniyang kaluwalhatian at kasakdalan ay dapat ilarawan sa mga paglilingkod dito sa lupa. Wala kundi kasakdalan ang nararapat na kumatawan sa kabanalan ng paglilingkod sa langit. Maaaring hapakin ng tao ang kaniyang puso sa pamamagitan ng pagpapakita ng diwang nagsisisi at nagpapakumbaba. Ito'y nanaising makita ng Diyos. Subali't sa damit ng pagkasaserdote ay walang dapat gawing paghapak, sapagka't ito'y makasisira sa paglalarawan ng mga bagay sa kalangitan. Ang dakilang saserdote na nangahas pakitang nasa banal na katungkulan, at naglilingkod sa santuwaryo, na punit ang damit, ay itinuturing na humiwalay na sa Diyos. Sa paghapak niya sa kaniyang damit ay humihiwalay siya o pinuputol na niya ang pagiging isang kinatawan ng likas ng Diyos. Hindi na siya tinatanggap ng Diyos bilang isang nanunungkulang saserdote.
[1027] Ang ginawang paghapak na ito, na ipinakita ni Caifas, ay nagpakilala ng kapusukan ng loob ng tao, at ng kapintasan ng tao.

Sa paghapak ni Caifas sa kaniyang damit, ay niwa-lang-halaga niya ang kautusan ng Diyos, upang masunod ang sali't saling sabi ng mga tao. Ang utos-na-gawa-ng-tao ay nagtatakda na sakaling may magsalita ng kapusungan ay maaaring hapakin ng isang saserdote ang kaniyang damit upang ipakitang siya'y nangingilabot sa kasalanan, at sa paggawa nito ay hindi siya nagkakasala. Sa ganitong

paraan ay niwalang-halaga ng mga utos ng mga tao ang kautusan ng Diyos.

Bawa't kilos ng dakilang saserdote ay minamatyagang may pananabik ng mga tao; at naisip ni Caifas na magpakita ng kabanalan upang mapagkabisa ang kaniyang gagawin. Nguni't sa ginawa niyang ito, na panukalang paratangan si Kristo, ay inuupasala niya ang Isa na tungkol sa Kaniya ay sinabi ng Diyos, "Ang Aking pangalan ay nasa Kaniya." Exodo 23:21. Siya na rin ang nagkakasala ng pamumusong. Siya na nakatayong nasa ilalim ng hatol ng Diyos, ay naggawad ng hatol kay Kristo bilang isang namumusong.

Nang hapakin ni Caifas ang kaniyang kasuutan, ang kaniyang ginawa ay nagpakilala ng magiging kalagayan ng bansa sa harapan ng Diyos. Ang bayang dati'y nilingap ng Diyos ay humihiwalay na sa Kaniya, at mabilis na nagiging isang bayang itinatakwil na ni Jehoba bilang Kaniya. Nang sa pagkakabayubay sa krus ay sabihin ni Kristo, "Naganap na" (Juan 19:30), at nang nahapak na nagkadalawa ang tabing ng templo, ay ipinahayag ng Banal na Nagmamasid na itinakwil na ng bansang Hudyo Siya na inaaninuhan ng lahat nilang mga sagi-sag, na siyang kabuuan ng lahat nilang mga anino. Ang Israel ay nahiwalay na sa Diyos. Tama sanang dito ay hapakin ni Caifas ang kaniyang damit; na nagpakilalang inangkin niyang siya ay kinatawan ng lubhang Dakilang Saserdote; sapagka't [1028]
ang mga ito ay wala nang kahulugan para sa kaniya o para sa bayan man. Tamang dito ay hapakin ng dakilang saserdote ang kaniyang damit bilang pangingilabot o pagkasindak para sa kaniyang sarili at para sa bansa.

Hinatulan ng Sanedrin si Jesus na karapat-dapat mamatay; nguni't nalalaban sa batas o sa kautusan ng mga Hudyo na litisin sa gabi ang isang tao. Ayon sa batas ay hindi magagawa ang paglilitis at paghatol kundi sa liwanag ng araw at sa harap ng sesyon ng buong kapulungan. Sa kabila ng lahat ng ito, ang Tagapagligtas ay pinakitunguhang gaya ng isang hinatulang kriminal, at ipinaubayang pagmalabisan ng pinakahamak at pinaka-imbi sa mga tao. Ang palasyo ng dakilang saserdote ay nakapaikot sa isang patyo na doon nagkatipon ang mga kawal at ang halu-halong karamihan. Dito sa patyong ito idinaan si Jesus patungo sa silid ng bantay, na sa kabi-kabila'y sinasalubong Siya ng panlilibak tungkol sa Kaniyang

inaangking Siya ay Anak ng Diyos. Ang sarili Niyang mga salita, "na nakaupo sa kanan ng kapangyarihan," at, "pumaparitong nasa mga alapaap ng langit," ay buong pangungutyang inulit-ulit. Samantalang Siya'y nasa silid ng bantay, na naghihintay ng legal na paglitis sa Kaniya, ay hindi Siya ipinagsasanggalang. Nakita ng mga mangmang at magugulong karamihan ang malupit na inasal sa Kaniya sa harap ng kapulu-ngan, at kaya nga itinuring ng mga ito na sila man ay malaya na ring magpakita ng lahat ng mga makasatanas na kasalan. Ang marangal at banal na kaanyuan ni Kristo ay nag-udyok sa kanila ng malaking galit. Ang Kaniyang kaamuan, ang Kaniyang kawalang-sala, ang Kaniyang marangal na pagtitiis, ay lumipos sa kanila ng galit na mula kay Satanas. Ang kaawaan at katarungan ay
[1029] niyu-rakan. Wala pang kriminal na pinakitunguhan sa isang paraang lubhang makahayop na gaya ng ginawa sa Anak ng Diyos.

Nguni't may lalo pang mahayap na dalamhating nagwalat ng puso ni Jesus; isang ulos na lumikha ng pina-kamahapding kirot na hindi maibibigay ng kamay. Samantalang Siya'y pinapalibhasa nang Siya ay nililitis sa harap ni Caifas, si Kristo ay ikinaila ng isa sa sarili Niyang mga alagad.

Pagkatapos iwan ng mga alagad sa halamanan ang kanilang Panginoon, dalawa sa kanila ang naglakas-loob na sumunod sa malayo, na sinusundan ang magulong karamihan na maydala kay Jesus. Ang mga alagad na ito ay sina Pedro at Juan. Kilala ng mga saserdote na si Juan ay isang tanyag na alagad ni Jesus, at kaya nga ito'y pinatuloy sa bulwagan, sa pag-asang kung makita nito ang pagkadusta ng Kaniyang Lider, ay hindi na nito paniniwalaan ang kuru-kuro na Siya nga ay Anak ng Diyos. Ipinakiusap ni Juan si Pedro, at kaya nga ito man ay nakapasok din.

Sa patyo ay gumawa ng isang siga; sapagka't iyon ang pinakamaginaw na oras ng gabi, palibhasa'y maguumaga na. Isang pulutong ang lumapit at pumalibot sa siga, at nangahas si Pedrong makiumpok sa mga ito. Hindi niya ibig na siya'y makilalang isang alagad ni Jesus. Sa pakikiumpok niya sa karamihan, ay inasahan niyang siya ay ibibilang na kasama ng mga nagdala kay Jesus sa hukuman.

Datapwa't nang biglang tumama ang liwanag ng siga sa mukha ni Pedro, ay nagtapon ng naniniyasat na sul-yap sa kaniya ang babaeng nagbabantay sa pinto. Napansin nito na siya'y dumating na kasama ni Juan, napansin din nito ang pagkahapis na nakabadha

sa kaniyang mukha, at inisip nitong siya ay maaaring isang alagad ni Jesus. Ang babaeng ito ay isa sa mga utusan ni Caifas, at ibig nitong mag-usisa. Sinabi nito kay Pedro, "Hindi ba ikaw ay isa sa [1030]
mga alagad ng Taong ito?" Nagitla si Pedro at nalito; agad napatuon sa kaniya ang mga mata ng pulutong. Nagkunwa siyang hindi niya naunawaan ang babae; nguni't ito'y mapilit, at sinabi nito sa mga nasa palibot na ang lalaking ito ay naging kasama-sama ni Jesus. Napilitan si Pedrong sumagot at pagalit na nagwika, "Babae, hindi ko Siya nakikilala." Ito ang unang pagkakaila, at karaka-rakang tumilaok ang manok. Oh Pedro, kaydali mong ikinahiya ang iyong Panginoon! Kaydali mong ikinaila ang iyong Panginoon!

Nang pumasok sa bulwagan ng hukuman ang alagad na si Juan, ay hindi niya sinikap na itago ang katotohanan na siya ay isang alagad ni Jesus. Hindi siya nakisa ma sa mararahas na pulutong na lumalait sa kaniyang Panginoon. Hindi na siya tinanong, sapagka't hindi naman siya nagkunwari, upang siya ay huwag nang paghinalaan. Tinungo niya ang isang kubling sulok na hindi mapapansin ng magulong karamihan, nguni't malapit naman sa kinaroroonan ni Jesus. Dito'y makikita niya at maririnig ang lahat ng mangyayari sa paglilitis sa kaniyang Panginoon.

Hindi pinanukala ni Pedro na pakilala kung sino siya. Sa kaniyang pagwawalang-bahala ay inilagay niya ang kaniyang sarili sa panig ng kalaban, at sa ganito'y madali siyang nadaig ng tukso. Kung siya ay tinawag na makipaglaban para sa kaniyang Panginoon, siya sana'y naging isang matapang na kawal; nguni't nang ang daliri ng pagkutya ay ituro sa kaniya, kaniyang pinatunayang siya ay isang duwag. Ang maraming hindi umuurong sa masigasig na pakikilaban para sa kanilang Panginoon ay naitataboy ng pag-alipusta upang itatwa o ikaila ang kanilang pananampalataya. Sa pamamagitan ng pakikisama nila sa mga dapat sana'y iwasan nila, ay lumalagay sila sa daan ng tukso. Inaanyayahan nila ang kaaway na sila'y tuksuhin, at naaakay silang magsalita at gumawa niyaong mga bagay [1031]
na sa ilalim ng ibang mga pangyayari ay di-kailanman nila gagawin. Ang alagad ni Kristo sa kapanahunan natin na nagbabalat-kayo o itinatago ang kaniyang pananampalataya dahil sa takot sa kahirapan o pagkadusta ay nagkakaila rin sa kaniyang Panginoon tulad ng ginawa ni Pedro sa bulwagan ng hukuman.

Sinikap ipakilala ni Pedro na walang anuman sa kaniya ang paglilitis sa kaniyang Panginoon, nguni't ang kaniyang puso ay kinimis ng kalungkutan nang marinig niya ang malulupit na panguuyam, at nang makita niya ang pagmamalabis na ginagawa sa Kaniya. Bukod dito, ipinagtaka niya at ipinag-init ng loob ang pagkakapag-pahintulot ni Jesus na pahbhasain ang Kaniyang sarili at ang Kaniyang mga tagasunod sa pamamagitan ng pagpapailalim sa gayong kalupitan. Upang maitago ang tunay niyang nadarama, ay sinikap niyang makiumpok sa mga nang-uusig kay Jesus at makisama sa kanilang mga pangungutya. Nguni't ang kaniyang anyo ay hindi katulad ng karamihan. Siya'y kumikilos nang pakunwari, at bagama't sinisikap niyang magsalita na parang walang anuman sa kaniya ang nangyayari ay hindi naman niya mapigil na mahayag ang kaniyang pagkamuhi sa ginagawang paghamak at pagmamalabis sa kaniyang Panginoon.

Muli siyang napansin sa ikalawang pagkakataon, at pinaratangan siya uli na isang tagasunod ni Jesus. Ngayon ay nagsalita na siya na may kasamang panunumpa, "Hindi ko nakikilala ang Tao." Binigyan siya uli ng isa pang pagkakataon. Pagkaraan ng isang oras, nang ang isa sa mga alipin ng dakilang saserdote, na malapit na kamag-anak ng lalaking tinigpas ni Pedro ang tainga, ay magtanong sa kaniya, "Hindi baga ikaw ay nakita kong kasama Niya sa halamanan?"
[1032] "Sa katotohanan ikaw man ay isa rin sa kanila: sapagka't ikaw ay Galileo, at ipinakikilala ka ng iyong pananalita." Sa salitang ito ay nagsiklab ang galit ni Pedro. Kilala ang mga alagad ni Jesus sa kanilang malinis na pananalita, at upang lubos niyang madaya ang mga nagtatanong sa kaniya, at mapatunayang hindi nga siya ang sinasabi nila, ay ikina-ila ngayon ni Pedro ang Panginoon nang may kasamang panunumpa at panunungayaw. Muling tumilaok ang manok. Narinig ito noon ni Pedro, at naalaala niya ang mga salitang sinabi ni Jesus, "Bago tumilaok ang manok nang makalawa, ay ikakaila mo Akong makaitlo." Marcos 14: 30.

Samantalang sariwa pa sa mga labi ni Pedro ang mga hamak na panunumpa, at umaalunignig pa sa kaniyang mga tainga ang matining na tilaok ng manok, ay inalis ng Tagapagligtas ang Kaniyang tingin sa nangakasimangot na hukom, at tuwirang tinitigan ang kaawa-awa Niyang alagad. Noon din naman ay napabaling ang paningin ni Pedro sa kaniyang Panginoon. Sa marangal na mukhang

yaon ay nabasa niya ang malaking habag at lungkot, nguni't wala roong nakabadhang galit.

Pagkatanaw sa maputla't nagbabatang mukhang yaon, sa mga nanginginig na labing yaon, ang titig na yaon ng pagkahabag at pagpapatawad, ay tumimo sa kaniyang puso na tulad sa isang palaso. Napukaw ang kaniyang budhi. Nagising ang kaniyang alaala. Nagunita ni Pedro ang pangakong binitiwan niya mga ilang oras lamang ang nakararaan na sasama siya sa kaniyang Panginoon hanggang sa bilangguan at hanggang sa kamatayan. Nagunita niya ang kaniyang pagkalumbay nang sabihin sa kaniya ng Tagapagligtas sa silid sa itaas na ikakaila niya ang kaniyang Panginoon nang makaitlo nang gabi ring yaon. Kasasabi pa lamang ni Pedro na hindi niya nakikilala si Jesus, nguni't ngayon ay nadama niya nang may mapait na pagkahapis na siya pala ay kilalang-kilala ng kaniyang Panginoon, at kung paano hustung-hustong nabasa Nito ang kaniyang puso, ang [1033]
pagiging sinungaling nito ay hindi nalaman ng sarili niya.

Sunud-sunod na mga gunita ang dumaloy sa kaniyang alaala. Ang magiliw na kahabagan ng Tagapagligtas, ang Kaniyang kagandahang-loob at pagpapahinuhod, ang pagiging-mabanayad Niya at mapagtiis sa Kaniyang nagka-kamaling mga alagad—lahat ay naalaala niya. Nagunita niya ang paalaalang, "Simon, narito, hiningi ka ni Satanas, upang ikaw ay maliglig niyang gaya ng trigo: datapwa't ikaw ay ipinamanhik Ko, na huwag magku-lang ang iyong pananampalataya." Lukas 22:31, 32. Na-bulay-bulay niya nang may pangingilabot ang kaniyang kawalan-ng-utang-na-loob, ang kaniyang pagbubulaan, ang kaniyang panunumpa ng kasinungalingan. Minsan pa niyang tiningnan ang kaniyang Panginoon, at nakita niya ang isang lapastangang kamay na nakataas upang Ito ay sampalin sa mukha. Palibhasa'y hindi na niya mabata ang kaniyang nakikita, nagmamadali siyang lumabas, na windang ang puso, mula sa bulwagan ng hukuman.

Nagpatuloy siya ng paglakad na nag-iisa sa dilim, hindi niya alam at hindi niya iniintindi kung saan man siya paroroon. Sa wakas ay natagpuan nila ang kaniyang sarili sa Gethsemane. Buhay na buhay na nagbalik sa kaniyang diwa ang tagpo sa pook na ito may ilang oras lamang ang nakalilipas. Ang mukhang naghihirap ng kaniyang Panginoon, na tigmak sa dugo at pawis, ay waring nagbangon sa harap niya. Naalaala niyang may paghihimutok na si Jesus ay

mag-isang tumangis at naghirap sa pananalangin, samantalang ang mga dapat sanang makiramay sa Kaniya sa napakahirap na sandaling yaon ay nangatutulog. Nagunita niya ang solemneng bilin Nito, "Kayo'y mangagpuyat at magsipanala-ngin, upang huwag kayong
[1034] magsipasok sa tukso." Mateo 26:41. Muling nabalik sa kaniyang alaala ang tanawin sa bulwagan ng hukuman. Nagpapahirap sa nagdurugo niyang puso ang pagkaunawa na nakapagdagdag pa siya ng pinakamabibigat na pasanin sa kadustaan at kaha-pisang dinadala ng Tagapagligtas. Sa pook mismong doon ibinuhos ni Jesus nang may paghihirap ang buo Niyang kaluluwa sa Kaniyang Ama, ay doon isinubsob ni Pedro ang kaniyang mukha, at hinangad niyang sana'y mamatay na siya.

Sa panahong natutulog nang atasan ni Jesus si Pedro na magpuyat at manalangin ay noon nahanda ang daan sa kaniyang malaking pagkakasala. Lahat ng mga alagad ay nawalan nang malaki, dahil sa pagtulog sa maselang panahon o sandaling yaon. Batid ni Kristo ang mahigpit na pagsubok na darating sa kanila. Talos Niyang gagawa si Satanas upang patayin ang kanilang pandamdam upang sila'y huwag mahanda sa pagsubok. Ito nga ang dahilan kung kaya binigyan Niya sila ng babala. Kung ang mga oras na ginugol nila sa halamanan ay ginamit lamang nila sa pagpupuyat at pananalangin, hindi sana umasa si Pedro sa kaniyang mahinang kalakasan. Hindi sana niya ikinaila ang kaniyang Panginoon. Kung nakipagpuyat lamang kay Kristo ang mga alagad sa Kaniyang paghihirap at pagdadalamhati, disin sana'y nangahanda sila na mamasdan ang Kaniyang pagbabata sa krus. Napag-unawa sana nila kahit babahagya ang likas o uri ng Kaniyang matinding pagkahapis. Naala-ala sana nila ang Kaniyang mga pangungusap na nagsabing-pauna ng Kaniyang paghihirap, ng Kaniyang kamatayan, at ng Kaniyang pagkabuhay na mag-uli. Sa gitna ng dilim ng napakahigpit na pagsubok, sana'y may mga sinag ng pag-asang nagliwanag sa kadiliman at nagpalakas ng kanilang pananampalataya.

Pagkaumagang-umaga, ay nagkatipon uli ang Sanedrin at muling
[1035] iniharap si Jesus sa kapulungan. Ipinahayag Niyang Siya ay Anak ng Diyos, at pinaratangan nila Siya sa mga salita Niyang ito. Nguni't hindi nila mahatulan Siya sa bagay na ito, sapagka't marami sa kanila ang wala sa sesyon noong gabi, at hindi nila narinig ang Kaniyang mga sinabi. At batid nilang ang hukumang Romano ay

walang masusumpungan sa mga salitang ito ni Kristo na karapat-dapat sa kamatayan. Nguni't kung maririnig ng lahat na uulitin ng sarili Niyang mga labi ang mga salitang yaon, ay maaari nilang matamo ang kanilang nilalayon. Ang pag-aangkin Niyang Siya ang Mesiyas ay maipaliliwanag nilang isang paghihimagsik.

"Ikaw baga ang Kristo?" wika nila, "sabihin Mo sa amin." Nguni't nanatiling hindi umiimik si Kristo. Si-nunud-sunod nila Siya ng mga tanong. Sa wakas ay sumagot Siya sa malungkot na tinig, "Kung sabihin Ko sa inyo, ay hindi ninyo Ako paniniwalaan: at kung kayo'y Aking tanungin, ay hindi kayo magsisisagot, ni pawawalan man Ako." Nguni't upang sila ay wala nang maidahilan ay idinugtong Niya ang solemneng babala, "Magmula ngayon ang Anak ng tao ay mauupo sa kanan ng kapangyarihan ng Diyos."

"Kung gayo'y Ikaw baga ang Anak ng Diyos?" tanong nilang lahat. Sinabi Niya sa kanila, "Kayo ang nagsasabi na Ako nga." Nagsigawan nga sila, "Ano pa ang kailangan natin ng patotoo? sapagka't tayo rin ang nangakarinig sa Kaniyang sariling bibig."

Kaya't sa pangatlong hatol ng mga maykapangyari-hang Hudyo, si Jesus ay dapat mamatay. Ang kailangan na lamang ngayon, naisip nila, ay pagtibayin ng mga Romano ang hatol na ito, at ibigay Siya sa kanilang mga kamay.

Pagkatapos ay dumating ang pangatlong tanawin ng pagmamal-abis at panunuya, na higit pang masama kaysa tinanggap Niya sa mga walang-muwang na karamihan. Naganap ito sa harap mismo ng mga saserdote at mga pinuno, at may pagsang-ayon sila. Ang lahat [1036]
ng damdaming pakikiramay o makatao ay naparam na sa kanilang mga puso. Kung mahihina man ang kanilang mga katwiran, at hindi nila napatahimik ang Kaniyang tinig, mayroon naman silang ibang mga sandata, na gaya ng ginamit sa lahat ng mga panahon upang mapatahimik ang mga erehe—ang pagpapahirap, at ang karahasan, at ang kamatayan.

Nang igawad na ng mga hukom ang hatol kay Jesus, isang makasatanas na kabangisan ang umiral sa mga tao. Ang sigawan nila ay natulad sa ungal ng mababangis na hayop. Dinaluhong ng karami-han si Jesus, na nagsisigawan, Nagkasala Siya, patayin Siya! Kung hindi dahil sa mga kawal na Romano, kaipala'y hindi na mabubuhay pa si Jesus upang ipako sa krus ng Kalbaryo. Nagkaluray-luray na sana Siya sa harap ng mga humatol sa Kaniya, kung hindi lamang

namagitan ang mga kawal na Romano, at sa pamamagitan ng lakas ng sandata ay sinawata ang karahasan ng magugulong karamihan.

Ang mga taong walang pagkakilala sa Diyos ay nangapoot sa malupit at makahayup na pakikitungong ginawa sa Isang wala namang anumang napatunayang laban sa Kaniya. Ipinahayag ng mga pinunong Romano na ang mga Hudyo ay lumabag sa kapangyarihan ng Roma nang hatulan nila si Jesus ng hatol na kamatayan, at maging sa batas man ng mga Hudyo ay nalalabag din na ang isang tao ay hatulan ng kamatayan batay sa sarili nitong patotoo. Ang ganitong pakikialam ay sandaling bumalam sa takbo ng mga pangyayari; nguni't sa ganang mga pinunong Hudyo ay wala na silang nadaramang kahabagan at kahihiyan.

Nakalimot na ang mga saserdote at mga pinuno sa dangal ng kanilang katungkulan, at pinagmalabisan nila ang Anak ng Diyos
[1037] sa pamamagitan ng masasama't mahahalay na salita. Kanilang kinutya ang Kaniyang mga magulang. Ipinahayag nila na ang pag-aangkin Niyang Siya ang Mesiyas ay nagpapagindapat sa Kaniya sa lalong kahiya-hiyang kamatayan. Ang lalong hamak sa mga tao ay gumawa ng pinakaimbing pagmamalabis sa Tagapagligtas. Isang lumang damit ang inihagis sa Kaniyang ulo, at sinampal Siya sa mukha ng mga nagsisiusig sa Kaniya, na nagsisipagsabi, "Hulaan Mo sa amin, Ikaw na Kristo, Sino ang sumampal sa Iyo?" Nang maalis na ang lumang damit sa Kaniyang ulo, ay isang hamak na tao ang lumura sa Kaniyang mukha.

Matapat na itinala ng mga anghel ng Diyos ang bawa't tingin, salita, at gawang paghamak na iniukol sa kanilang pinakamamahal na Komandante. Darating ang araw na ang mga hamak na taong nagsilibak at nagsilura sa payapa at. mamad na mukha ni Kristo, ay magsisitingin sa mukhang iyon na nasa kaluwalhatian niyon, na
[1038] higit pang maningning kaysa liwanag ng araw.

# Kabanata 76—Si Judas

Ang kasaysayan ni Judas ay nagbibigay ng malungkot na wakas ng isang buhay na sana'y naparangal ng Diyos. Kung si Judas ay namatay noong bago siya gumawa ng kaniyang huling paglalakbay patungong Jerusalem, sana'y naituring siyang isang lalaking karapatdapat isama sa Labindalawa, at isa na lubha sanang panghihinayangan. Ang pagkasuklam na sumunod-sunod sa kaniya sa buong mga panahon ay hindi sana nangyari kundi lamang sa mga likas na nahayag nang magwawakas na ang kaniyang kasaysayan. Nguni't may layunin ang Diyos sa paglalantad ng kaniyang likas sa sanlibutan. Ito ay walang iba kundi upang maging isang babala o paalaala sa lahat, na katulad niya, ay maaaring mag-kanulo ng mga banal na sagutin.

Noong malapit nang magpaskuwa, muling nakipagkasundo si Judas sa mga saserdote na ibibigay niya si Jesus sa kanilang mga kamay. Pagkatapos ay pinagka-sunduan nilang ang Tagapagligtas ay dapat hulihin sa isa sa mga pook na doon Siya nagbubulay-bulay at nananalangin. Buhat nang magpiging sa bahay ni Simon, nagkaroon si Judas ng sapat na panahon upang mapaglimi ang bagay na ipinangako niyang kaniyang gagawin, gayunma'y hindi rin nabago [1039]
ang kaniyang panukala. Sa halagang tatlumpong putol na pilak—na halaga ng isang alipin—ay ipinagbili niya ang Panginoon ng kaluwalhatian sa kadustaan at kamatayan.

Si Judas ay katutubong maibigin sa salapi; nguni't hindi naman siya talagang napakasama upang gumawa ng gayong hamak na gawa. Pinayabong niya ang masamang diwa ng kasakiman hanggang sa ito na ang naging naghaharing layunin sa kaniyang buhay. Ang pag-ibig niya sa salapi ay humigit kaysa pag-ibig niya kay Kristo. Sa pagpapaalipin niya sa isang bisyo ay ibinigay niya ang kaniyang sarili kay Satanas, hanggang sa siya'y maibulid sa lubos na pagkakasala.

Sumama si Judas sa mga alagad nang kasalukuyang marami ang sumusunod kay Kristo. Nakakilos sa kanilang mga puso ang turo

ng Tagapagligtas samantalang sila'y nababato-balani ng Kaniyang mga salitang binigkas sa sinagoga, sa tabi ng dagat, at sa ibabaw ng bundok. Nakita ni Judas ang mga maysakit, ang mga pilay at ang mga bulag, na dumadagsa kay Jesus buhat sa mga bayan at mga lungsod. Nakita niya ang mga naghi-hingalong inilagay sa Kaniyang paanan. Nasaksihan niya ang mga makapangyarihang gawa ng Tagapagligtas sa pagpapagaling sa mga maysakit, sa pagpapalabas ng mga demonyo, at sa pagbuhay sa mga patay. Naramdaman niya sa sarili niyang pagkato ang katunayan ng kapang-yarihan ni Kristo. Kinilala niyang ang turo ni Kristo ay nakahihigit sa lahat ng narinig na niya. Minahal niya ang Dakilang Guro, at hinangad niyang makasama Niya. Nakaramdam siya ng pagnanais na mabago ang kaniyang likas at kabuhayan, at inasahan niyang ito'y mararanasan sa pamamagitan ng pakikisama at pag-uugnay ng kaniyang sarili kay Jesus. Hindi tinanggihan ni Jesus si Judas. Binigyan Niya siya ng lugar na kasama ng Labindalawa. Pinagkatiwalaan Niya
[1040] siya na gumawa ng gawain ng isang ebanghelista. Binigyan Niya siya ng kapangyarihang makapagpagaling ng mga maysakit at makapagpalabas ng mga demonyo. Nguni't hindi lubusang ipinasakop ni Judas ang kaniyang sarili kay Kristo. Hindi niya iniwan ang makasanlibutang hangarin o ang pag-ibig niya sa salapi. Bagama't tinanggap niya ang tungkulin ng pagiging isang ministro ni Kristo, hindi naman niya ipinailalim ang kaniyang sarili sa paghubog ni Kristo. Inibig pa niyang itaguyod ang sarili niyang mga palagay at kuru-kuro, at pinayabong niya sa kaniyang kalooban ang ugaling manuligsa at magparatang.

Mataas ang pagtinging iniukol ng mga alagad kay Judas, at nagkaroon siya ng malaking impluwensiya sa kanila. Siya na rin ay may mataas na palagay sa sarili niyang mga katangian at mga kakayahan, at ang palagay niya sa kaniyang mga kapatid ay higit na mababa kaysa kaniya ang pagkukuro nila at kakayahan. Naisip niyang hindi nila nakikita ang kanilang mga pagkakataon, at hindi sinasamantala ang mga pangyayari. Hindi kailanman uunlad ang iglesya sa pagkakaroon ng mga ganitong lider na maiigsi ang pang-unawa. Si Pedro ay biglain; hindi marunong makisama. Si Juan, na nagpapayaman sa mga katotohanang namumutawi sa mga labi ni Kristo, ay itinuring ni Judas na isang taong hindi gasinong marunong humawak ng salapi. Si Mateo, na ang pinag-aralan ay nagturo sa

kaniya na maging husto sa lahat ng mga bagay, ay napakaingat sa gawang pagtatapat, at siya'y lagi nang nagbubulay ng mga salita ni Kristo, at naging lubhang mapaglimi ang mga ito na anupa't, sa palagay ni Judas, siya'y mapagkakatiwalaang gumawa ng gawaing nangangailangan ng kaliksihan ng pagpapasiya. Iyan ang palagay ni Judas sa lahat ng mga alagad, at pinuri niya ang kaniyang sarili na kung hindi sa kaniyang kakayahan sa pangangasiwa ay malimit
sanang napalagay sa kagipitan at kahihiyan ang iglesya. Itinuring [1041]
ni Judas ang kaniyang sarili na siyang may kakayahan, at hindi malalamangan. Sa sarili niyang palagay ay siya'y isang karangalan sa gawain, at sapagka't gayon ay lagi niyang sinasabi ang kaniyang sarili.

Hindi nakita ni Judas ang kahinaan ng sarili niyang likas, kaya inilagay siya ni Kristo sa tungkuling doo'y magkakaroon siya ng pagkakataong ito'y kaniyang makita at maitumpak. Bilang ingat-yaman ng mga alagad, tungkulin niyang magbigay para sa mga pangangaila-ngan ng maliit nilang pulutong, at mag-abuloy sa mga dukha. Nang sa kaarawan ng Paskuwa ay sabihin sa kaniya ni Jesus, "Ang ginagawa mo, ay gawin mong madali" (Juan 13:27), inakala ng mga alagad na siya'y inaa-tasang bumili ng kakailanganin sa pista, o mag-abuloy sa mga dukha. Sa paglilingkod sa mga iba, ay maaari sanang tinubuan siya ng diwang di-makasarili. Datapwa't samantalang siya'y nakikinig araw-araw sa mga pagtuturo ni Kristo at nasasaksihan ang di-makasariling buhay Nito, ay pinayabong naman ni Judas ang kaniyang mapag-imbot na pag-uugali. Ang kau-kaunting salaping tinatanggap niya sa kaniyang mga kamay ay naging isang palagiang tukso sa kaniya. Malimit na pagka nakagawa siya ng paglilingkod kay Kristo, o kaya'y nakapag-ukol ng panahon sa mga bagay na para sa relihiyon, ay binabayaran niya ang kaniyang sarili mula sa maliit na pondong ito. Sa sarili niyang palagay ang mga ganitong dahilan ay sapat na upang magbigay-katwiran sa kaniyang ginagawa; subali't sa paningin ng Diyos ay isa siyang magnanakaw.

Ang madalas sabihin ni Kristo na ang kaharian Niya ay hindi sa sanlibutang ito ay nakayamot kay Judas. Gumawa siya ng isang balangkas ng paggawa na inasahan niyang siyang susundin ni Kristo. Pinanukala niyang si Juan Bautista ay hanguin o palayain sa bilang-
guan. Nguni't narito, si Juan ay pinabayaang mapugutan ng ulo. [1042]

At sa halip na ipakipaglaban ni Jesus ang Kaniyang makaharing karapatan at ipaghiganti ang pagkakapatay kay Juan, ay nagtungo sa isang kubling pook sa labas ng bayan, na kasama ang Kaniyang mga alagad. Ang ibig ni Judas ay mapusok na pakikipaglaban. Inakala niyang kung hindi pipigilan ni Jesus ang mga alagad sa pagsasa gawa ng kanilang mga panukala, ay magiging higit na matagumpay ang gawain. Napansin niya ang lumalaking pakikipaglaban ng mga pinunong Hudyo, at nakita niyang ang hamon nila na si Kristo'y magpakita ng isang tanda sa langit ay hindi na' naman Niya pinansin. Ang puso niya ay bukas sa pag-aalinlangan, at binigyan siya ng kaaway ng mga isipan ng di-paniniwala at paghihimagsik. Bakit ang laging sinasabi ni Jesus ay ang bagay na nakapagpapahina-ng-loob? Bakit Niya sinasabi nang pauna na Siya at ang Kaniyang mga alagad ay daranas ng pagsubok at pag-uusig? Ang kaniyang pag-asang siya'y magkakaroon ng mataas na katungkulan sa bagong kaharian ay siyang umakay kay Judas upang katigan at itaguyod ang gawain ni Kristo. Mabibigo ba ang Kaniyang pag-asa? Wala pang tiyak na pasiya si Judas kung paniniwalaan niyang si Jesus ay Anak nga ng Diyos; nguni't siya'y nagbabaki-baki, at sinisikap niyang makasumpong ng kapaliwanagan tungkol sa Kaniyang mga makapangyarihang gawa.

Bagama't hindi itinuturo ng Tagapagligtas, patuloy naman si Judas sa pagpapahiwatig ng kuru-kuro na si Kristo ay uupo bilang hari sa Jerusalem. Noong pakainin ang limang libo ay sinikap niyang ito'y maihayag. Sa pagkakataong ito ay tumulong si Judas sa pamamahagi ng pagkain sa nagugutom na karamihan. Nagkaroon siya ng pagkakataon na makita ang kapakinaba-ngang maibibigay niya sa mga iba. Nakadama siya ng kasiyahang laging idinudulot ng paglilingkod sa Diyos. Tumulong siya sa pagdadala sa mga maysakit
[1043] at mga nahihirapan na nasa gitna ng karamihan upang mailapit kay Kristo. Nakita niya ang ginhawa, ang katuwaan at kaligayahan, na sumasapuso ng mga tao dahil sa nagpapagaling na kapangyarihan ng Tagapagsauli ng kalusugan. Dapat sana'y naintindihan niya ang mga pamamaraan ni Kristo. Nguni't siya'y binulag ng sarili niyang mga sakim na hangarin. Siya ang unang-unang nagsamantala sa kasiglahan at katuwaang idinulot ng kababalaghan tungkol sa mga tinapay. Siya ang nag-udyok na si Kristo ay agawin sa pamamagitan

ng dahas upang Siya ay gawing hari. Malaking-malaki ang kaniyang pagasa. Kaya kaypait naman ng kaniyang pagkabigo.

Ang sermon ni Kristo sa sinagoga tungkol sa tinapay ng buhay ay siyang bumago sa kasaysayan ni Judas. Napakinggan niya ang mga salitang, "Maliban nang inyong kanin ang laman ng Anak ng tao, at inumin ang Kaniyang dugo, ay wala kayong buhay sa inyong sarili." Juan 6:53. Napag-unawa niya na ang iniaalok ni Kristo ay kabutihang espirituwal at hindi pansanlibutan. Itinuring niyang siya'y may mabuting pagkukuro, at sa isip niya ay nakita niyang si Jesus ay walang tatamuhing karangalan, at hindi makapagbibigay ng anumang mataas na tungkulin sa mga tagasunod Niya. Ipinasiya niyang huwag nang makisama nang lubhang malapit kay Kristo, nguni't hindi naman siya agad-agad hihiwalay. Siya'y magmamasid. At nagmasid nga siya.

Magbuhat noon ay nagpahayag na siya ng mga alin-langan na gumulo sa isip ng mga alagad. Nagpasok siya ng mga ikapa-gtatalo at ng mga nagsisinsay na mga isipan, na inuulit ang mga katwirang iginigiit ng mga eskriba at mga Pariseo laban sa mga inaangkin ni Kristo. Ang lahat ng maliliit at malalaking bagabag at mga sagabal, ang mga kahirapan at ang wari'y mga hadlang sa pagsulong ng ebanghelyo, ay ipinaliwanag ni Judas na mga katunayan na hindi nga ito totoo. Babasa siya ng mga talata sa Kasulatan na wala [1044]
namang kaugnayan sa mga katotohanang inihahayag ni Kristo. Ang mga talatang ito, na hiwalay sa kanilang kinauugnayan, ay gumulo sa isip ng mga alagad, at nagpalaki sa panlulupaypay na lagi nang pumipiyapis sa kanila. Gayunma'y ginawa ni Judas ang lahat ng ito sa isang paraan na lilitaw na siya'y tapat sa kaniyang paniniwala. At samantalang naghahanap ang mga alagad ng mga katunayan na magpapatibay sa mga salita ng Dakilang Guro, aakayin naman sila ni Judas sa ikasisinsay nila nang hindi nila nahahalata. Kaya nga sa isang napakatapat at matalinong paraan, ay inihaharap ni Judas ang mga bagay-bagay nang salungat sa inihayag ni Jesus sa kanila, at binibigyan niya ng kahulugan ang mga salita Nito na hindi Nito sinabi. Ang mga mungkahi niya ay laging lumilikha ng masidhing paghahangad ng mga kapakinabangang panlupa, at sa ganitong paraa'y inaalis ang isipan ng mga alagad sa mahahalagang bagay na siyang dapat sana nilang isaalang-alang. Ang pagtatalo

tungkol sa kung sino sa kanila ang dapat na maging pinakadakila ay si Judas ang siyang karaniwan nang may-udyok.

Nang iharap ni Jesus sa mayamang binatang pinuno ang kondisyon ng pagiging-alagad, ay hindi nasiyahan si Judas. Inakala niyang may nagawang isang pagkakamali. Kung ang mga ganitong tao na gaya ng pinunong ito ay magiging kasama ng mga sumasampalataya, walang pagsalang makatutulong sila sa gawain ni Kristo. Kung si Judas lamang ay tinanggap bilang isang tagapayo, naisip niya, ay makapagmumungkahi siya ng maraming panukala para sa ikasusulong ng maliit na iglesya. Ang kaniyang mga simulain at mga pamamaraan ay maaaring medyo naiiba sa kay Kristo, nguni't ipinala-lagay niyang sa mga bagay na ito higit siyang marunong at matalino kaysa kay Kristo.

[1045] Sa lahat ng mga sinabi ni Kristo sa Kaniyang mga alagad, ay may isang bagay na hindi inaayunan ng puso ni Judas. Sa ilalim ng kaniyang impluwensiya ay matuling gumagawa ang lebadura ng di-kasiyahan. Hindi nakita ng mga alagad kung kanino nanggaling ang bagay na ito; nguni't nakita ni Jesus na isinasalin ni Satanas kay Judas ang kaniyang mga likas, at sa gayon ay nagbubukas ng daan upang sa pamamagitan nito ay maimpluwensiyahan ang ibang mga alagad. Isang taon pa bago ipagkanulo si Kristo, ito'y sinabi na Niya. "Hindi baga hinirang Ko kayong labindalawa," wika Niya, "at ang isa sa inyo ay diyablo?" Juan 6:70.

Gayunuma'y hindi gumawa si Judas ng anumang hayagang pagsalungat, ni ng wari'y paglaban man sa mga turo ng Tagapagligtas. Hindi siya bumulung-bulong nang lantaran hanggang sa dumating ang piging sa bahay ni Simon. Nang buhusan ni Maria ng ungguwento ang mga paa ng Tagapagligtas, ay inihayag ni Judas ang kaniyang ugaling mapag-imbot. Nang siya'y sawayin ni Jesus ang diwa niya ay naging kasimpait ng apdo. Ang nasaktang damdamin ng kapalaluan at ang paghahangad na makaganti ay nagpaguho ng lahat niyang pagpipigil, at ang kasakimang maluwat na niyang kinikimkim-kimkim ay siya nang nakapangyari sa kaniya. Ito ang magiging karanasan ng lahat ng nagpipilit makipaglaro sa kasalanan. Ang mga elemento ng kasamaan na hindi nilalabanan at dinadaig ay tumutugon sa tukso ni Satanas, at binibihag ang kaluluwa ayon sa ibig nito.

Nguni't hindi pa lubusang nagmamatigas si Judas. Kahit dalawang ulit na siyang nakipagtipan na ipagka-kanulo ang Tagapagligtas, ay may pagkakataon pa rin siya upang magsisi. Sa hapunan noong araw ng Paskuwa ay pinatunayan ni Jesus ang Kaniyang pagka-Diyos sa pamamagitan ng pagbubunyag ng binabalak ng taksil. Gayunma'y magiliw pa rin Niyang isinama si Judas sa Kaniyang paglilingkod sa mga alagad. Nguni't ang kahuli-huli- [1046] hang pamanhik ng pag-ibig ay hindi pinaking-gan. Noon napasiyahan ang kalagayan ni Judas, at ang mga paang hinugasan ni Jesus ay humayo upang gawin ang gawain ng tagapagkanulo.

Ikinatwiran ni Judas na kung sadyang dapat ipako sa krus si Jesus, ay kailangang ito ay mangyari. Ang kaniyang ginawang pagkakanulo sa Tagapagligtas ay hindi makababago sa dapat mangyari. Kung si Jesus ay hindi dapat mamatay, mapipilitan Itong iligtas ang Kaniyang sarili. Anuman ang mangyari, si Judas ay makikinabang sa kaniyang pagtataksil. Itinuring niyang siya ay nakinabang nang malaki sa pagkakapagkanulo niya sa kaniyang Panginoon.

Gayon pa man, hindi naniniwala si Judas na pahihintulutan ni Kristong ang sarili Niya ay hulihin. Sa pagka-kanulo sa Kaniya, ay layunin ni Judas na Siya'y turuan ng aral. Ibig niyang gampanan ang isang bagay na aakay sa Tagapagligtas na mag-ingat sa kaniya upang siya'y pakkunguhang may paggalang. Nguni't hindi alam ni Judas na inihahatid niya si Kristo sa kamatayan. Kaydalas nga, na sa pagtuturo ng Tagapagligtas ng mga talinhaga, ay napapaniwala Niya ang mga eskriba at mga Pariseo ng Kaniyang maliliwanag at nakapagkikintal na mga halimbawa! Kaydalas nga na ginawaran nila ng hatol ang kanilang mga sarili! Malimit na pagka ang katotohanan ay naitatanim sa kanilang mga puso, ay nalilipos sila ng galit, at nagsisidampot sila ng mga bato upang Siya'y pukulin; nguni't muli at muli Siyang nakakatakas. Yamang marami na Siyang naiwasang mga patibong, naisip ni Judas, tiyak na hindi Niya pahihintulu-tang ang sarili Niya ay madakip.

Ipinasiya ni Judas na isagawa ang pagsubok. Kung si Jesus nga ang talagang Mesiyas, ang mga taong ginawan Niya ng maraming kabutihan, ay sama-samang magsisikilos sa palibot Niya, at itatanyag Siyang hari. Ito ang magpapatahimik na magpakailanman [1047] sa maraming isip na hanggang ngayon ay nasa alinlangan pa. Sa gayo'y magkakaroon si Judas ng karangalan bilang siyang naglagay

sa hari sa luklukan ni David. At ang gawang ito ang tiyak na magbibigay sa kaniya ng pinakamataas na tungkulin, na kasunod ng kay Kristo, sa bagong kaharian.

Isinagawa ng bulaang alagad ang bahagi niya sa pagkakanulo kay Jesus. Sa halamanan, nang sabihin niya sa mga lider ng magugulo't masasamang karamihan na, "Ang aking hagkan, ay Siya nga: hawakan ninyo Siya nang mahigpit" (Mateo 26:48), ay lubos ang kaniyang paniniwalang si Kristo ay makakatakas sa kanilang mga kamay. At kung Siya'y makatakas at sisihin nila siya, ay masasabi niyang, Hindi ba sinabi ko sa inyo, Hawakan ninyo Siya nang mahigpit?

Nakita ni Judas ang mga nagsihuli kay Kristo, na nag-sisunod sa kaniyang mga sinabi, at si Jesus ay ginapos nang mahigpit. Sa labis niyang pagtataka ay nakita niyang pinabayaan ng Tagapagligtas na ang sarili Nito ay hulihin at dalhin. Sumisikdo ang kaloobang sumunod siya sa mga humuli kay Jesus mula sa halamanan hanggang sa Ito ay iharap sa mga pinunong Hudyo. Sa bawa't kilos ay inaabangan niyang gulatin Nito ang Kaniyang mga kaaway, sa pamamagitan ng pagharap sa kanila bilang Anak ng Diyos, at sisirain ang lahat nilang mga pakana at kapangyarihan. Nguni't nang makalipas ang mga oras, at si Jesus ay patuloy pa ring napaiilalim sa lahat ng pagmamalabis at pagmamalupit na iniuukol sa Kaniya, ay isang kakila-kilabot na pagkasindak ang sumaklot sa taksil na si Judas sa pagkaunawa niyang ang kaniyang Panginoon ay ipinagbili niya upang ihatid sa kamatayan Nito.

Nang nalalapit na ang wakas ng paglilitis, ay hindi na natiis ni
[1048] Judas ang sumbat ng kaniyang budhi. Biglang- biglang umalingawn-
[1049] gaw sa buong bulwagan ang isang bahaw na tinig, na nagdulot ng sindak sa puso ng lahat ng mga tao: Siya'y walang kasalanan, Oh Caifas, huwag mo Siyang hatulan!

Ang mataas na anyo ni Judas ay nakita ngayong gumi-gitgit sa gulilat na karamihan. Namumutla at humpak ang kaniyang mukha, at malalaking patak ng pawis ang namumuo sa kaniyang noo. Tumakbo siya sa luklukan ng hukom, ibinulaksak sa harap ng dakilang saserdote ang mga putol ng pilak na siyang naging halaga ng pagkakanulo niya sa kaniyang Panginoon. Agad niyang hinawakan ang damit ni Caifas, nakiusap siyang pawalan na si Jesus, na sinasabing wala naman Itong nagawang anumang karapat-dapat sa kamatayan. Pagalit

na itinulak siya ni Caifas, nguni't ito'y lito, at hindi malaman kung anong sasabihin. Nahayag ang kataksilan ng mga saserdote. Maliwanag na sinuhulan nila ang alagad upang ipagkanulo ang kaniyang Panginoon.

"Nagkasala ako," muling sigaw ni Judas, "sa aking pagkakanulo sa dugong walang kasalanan." Datapwa't ang dakilang saserdote, na pinanumbalikan na ng sariling kahinahunan, ay palibak na sumagot, "Ano sa amin? ikaw ang bahala niyan." Mateo 27:4. Handa ang mga saserdoteng si Judas ay gawing kasangkapan nila; nguni't hinamak nila ang kaniyang kaimbihan. Nang humarap siya sa kanila na umaamin sa kaniyang pagkakasala, ay binulyawan nila siya.

Ngayo'y nagdumapa si Judas sa paanan ni Jesus, na kinikilalang Ito nga ang Anak ng Diyos, at pinakiusapan Itong iligtas ang sarili. Hindi kinutya ng Tagapagligtas ang nagkanulo sa Kaniya. Batid Niyang hindi nagsisisi si Judas; ang pag-amin nito at pagpapahayag ng sala ay ipinilit ng nagkasala nitong kaluluwa dahil sa kakilakilabot na pagkadama ng kahatulan at paghihintay ng paghuhukom, nguni't wala itong nararamdamang taim-tim na pagkalumbay sa pagkakapagkanulo nito sa wa- lang-dungis na Anak ng Diyos, at [1050]
pagkakapagtakwil sa Isa na Banal ng Israel. Gayunma'y hindi nagsalita si Jesus ng anumang salita ng pagsumbat. Buong kahabagang minasdan Niya si Judas, at nagwika, "Dahil dito naparito Ako sa sanlibutan."

Umugong ang panggigilalas sa buong kapulungan. May pagtatakang nakita nila ang pagtitiis ni Kristo sa nagkanulo sa Kaniya. Muling sumaloob nila na ang Lalaking ito ay hindi tao. Nguni't kung Siya naman ay Anak ng Diyos, tanong nila, bakit hindi Niya palayain ang Kaniyang sarili sa Kaniyang pagkakagapos at daigin ang mga nagpaparatang sa Kaniya?

Nakita ni Judas na wala nang kabuluhan ang kaniyang mga pakiusap, kaya't nagmamadali siyang lumabas sa bulwagan na sumisigaw, "Totoong huli na! Totoong huli na!" Naramdaman niyang hindi niya makakayang makitang si Jesus ay ipako sa krus, at sa kaniyang kawalang-pag-asa ay umalis at nagbigti.

Sa dakong hapon nang araw ding yaon, sa daang buhat sa hukuman ni Pilato hanggang sa Kalbaryo, ay biglang napigil ang mga sigawan at mga panunuya ng masa-samang karamihan na nagsisipaghatid kay Jesus sa pook na pagpapakuan sa Kaniya. Nang mag-

daan sila sa isang ilang na pook, ay natanawan nila sa paanan ng isang patay na punungkahoy, ang bangkay ni Judas. Isang tanawin iyon na nakapanghihilakbot makita. Dahil sa kaniyang bigat ay nalagot ang lubid na itinali niya sa punungkahoy at kaniyang ipinagbigti. Sa kaniyang pagbagsak, ay nagkabali-bali at nagkaluray-luray ang kaniyang katawan, at ngayo'y kinakain ito ng mga aso. Ang kaniyang bangkay ay madaling inilibing; nguni't nagbawa ang panlilibak ng karamihan, at maraming namumutlang mukha ang naghayag ng isinasaloob nilang damdamin. Waring dumadalaw na
[1051] ang paghihiganti sa mga nagkasala sa dugo ni Jesus.

# Kabanata 77—Sa Bulwagan ng Hukuman ni Pilato

Ang kabanatang ito ay batay sa Mateo 27:2, 11-31; Marcos 15:1-20; Lukas 23:1-25; Juan 18:28-40; 19:1-16.

Sa bulwagan ng hukuman ni Pilato, na gobernador Romano, ay nakagapos na nakatayo si Kristo bilang isang bilanggo. Nakapaligid sa Kaniya ang mga kawal na bantay, at mabilis na napupuno ang bulwagan ng mga nanonood. Sa makalabas lamang ng pintuan ay naroon naman ang mga hukom ng Sanedrin, ang mga saserdote, mga pinuno, mga matatanda, at ang magugulong karamihan.

Pagkatapos mahatulan si Jesus, ay nagtungo ang kapulungan ng Sanedrin kay Pilato upang ang hatol ay mapagtibay at maipatupad nito. Nguni't ang mga pinunong ito ng mga Hudyo ay ayaw magsipasok sa bulwagan ng hukuman ng mga Romano. Ayon sa kanilang kautusang seremonyal ay madudungisan sila, at sa gayo'y hindi sila maaaring makibahagi sa kapistahan ng Paskuwa. Sa kanilang kabulagan ay hindi nila nakitang nadungisan na ng nakamamatay na poot na naghahari sa kanila ang kanilang mga puso. Hindi nila nakitang si Kristo ang tunay na Kordero ng Paskuwa, at yayamang tinang-gihan na nila Siya, ay nawala na sa kanila ang kahulugan ng dakilang kapistahan.

Nang dalhin ang Tagapagligtas sa bulwagan ng hukuman, tin- [1052]
ingnan Siya ni Pilato ng mabalasik na tingin. Ginising na madalian ang gobernador Romano sa kaniyang silid-tulugan, kaya ipinasiya nitong tapusing madali hangga't maaari ang pagtupad ng kaniyang tungkulin. Handa siyang makitungo sa bilanggo na taglay ang kabalasikan ng isang may kapangyarihan. Kaya nga taglay ang pinakamabagsik na anyong tiningnan niya kung anong uri ng tao ang kaniyang sisiyasatin, na naging sanhi ng pag-pukaw sa kaniya sa gayong napakaagang oras ng umaga. Batid niyang ito'y di-sasalang isa sa mga kinamumuhian at ibig maparusahan agad ng mga maykapangyari-hang Hudyo.

Sinulyapan ni Pilato ang mga taong maydala kay Jesus, at pagkatapos ay humantong ang kaniyang paninging naniniyasat kay Jesus. Nakaharap na niya ang lahat ng uri ng mga kriminal; nguni't wala pa siyang naka-kaharap kailanman nang una na isang taong nagtatag-lay ng mga tanda ng kabutihan at kamaharlikaang nasa kay Jesus. Sa mukha Niya ay wala siyang nakitang anumang tanda ng pagkakasala, ng pagkatakot, ng katapa-ngan o paglaban. Ang namalas niya'y isang taong larawan ng kahinahunan at may marangal na kaanyuan, na sa mukha'y walang mababakas na mga tanda ng isang kriminal, kundi tatak na makalangit.

Ang anyo ni Kristo ay kinalugdan ni Pilato. Napukaw ang mabuting likas na nasa kaniya. Nabalitaan na niya si Jesus at ang Kaniyang mga gawa. Naibalita na rin sa kaniya ng kaniyang asawa ang mga kahanga-hangang gawang ginawa ng propetang Galileo, na nagpagaling ng mga maysakit at bumuhay ng mga patay. Ang lahat ng ito ay nabuhay sa isip ni Pilato na gaya ng isang panaginip. Nagunita niya ang mga bali-balita buhat sa kung saan-saan. Ipinasiya niyang hingin sa mga Hudyo na sabihin nila ang kanilang mga paratang laban sa bilanggo.

[1053] "Sino ang Taong ito, at bakit ninyo Siya dinala dito?" tanong niya. "Ano ang inyong ipinaparatang laban sa Kaniya?" Hindi magtugma-tugma ang mga Hudyo. Palibhasa'y batid nilang hindi nila mapatutunayan ang kanilang mga paratang laban kay Kristo, ay hindi nila hangad na ito'y litisin nang hayagan. Nagsisagot sila na Siya ay isang magdaraya na ang pangalan ay Jesus na taga-Nazareth.

Muling nagtanong si Pilato, "Anong sakdal ang dala ninyo laban sa Taong ito?" Hindi sinagot ng mga saserdote ang kaniyang tanong, kundi ipinakita nila ang kanilang pagkayamot sa pamamagitan ng mga salita, kanilang sinabi, "Kung Siya'y hindi mangagawa ng kasamaan, ay hindi sana namin dinala Siya sa iyo." Kung ang mga bumubuo ng Sanedrin, na mga pang-unang tao ng bansa, ay nagdadala sa iyo ng isang taong itinuturing nilang karapat-dapat sa kamatayan, kailangan pa bang itanong kung ano ang paratang laban sa kaniya? Ibig nilang ipadama kay Pilato na sila'y mahahalagang mga tao, at sa gayo'y maakay siyang pahinuhod sa kanilang pakiusap na huwag nang daanin iyon sa marami pang mga pagsisiyasat. Sabik silang mapagtibay ang kanilang hatol; sapagka't batid nilang ang mga taong nakakita ng mga kagila-gilalas na gawa ni Kristo

ay makapagsasaysay at makapagpapatotoo nang ibang-iba sa mga kinatha lamang nila.'

Inakala ng mga saserdote na madali nilang maisasagawa ang kanilang mga balak sapagka't si Pilato ay may mahinang kalooban. Una sa rito ay may nilagdaan na si Pilatong kasulatan, na hinahatulan ng kamatayan ang mga taong talos nilang hindi naman karapat-dapat mamatay. Sa paningin niya ay maliit lamang ang halaga ng buhay ng isang bilanggo; ito man ay maysala o wala ay walang tanging pagkakaiba sa kaniya. Inasahan ng mga saserdote na igagawad ngayon ni Pilato ang parusang kamatayan kay Jesus nang hindi na Siya lilitisin pa. Ito ay sinikap nilang hilingin sa panahon ng [1054] kanilang malaking kapistahang pambansa.

Nguni't may nakikita si Pilato sa bilanggo na pumipigil sa kaniya. Hindi niya mapangahasang gawin ang hinihingi nila. Nababasa niya ang mga nilalayon ng mga saserdote. Nagunita niya kung paanong, hindi pa nata-tagalan, ay binuhay ni Jesus si Lazaro, na isang taong apat na araw nang patay; at ipinasiya niyang maalaman, bago niya lagdaan ang hatol na kamatayan, kung anu-ano ang mga paratang laban sa Kaniya, at kung talagang ang mga iyon ay mapatutunayan.

Kung sapat na ang inyong hatol, sabi niya, bakit pa ninyo dinala sa akin ang bilanggo? "Kunin ninyo Siya, at Siya'y hatulan ayon sa inyong kautusan." Sa ganitong pagpilit, sinabi ng mga saserdote na nakapaggawad na sila ng hatol sa Kaniya, nguni't kailangang lagdaan din ni Pilato ang hatol nila upang iyon ay magkaroon ng bisa. Ano ang inyong hatol? tanong ni Pilato. Ang hatol na kamatayan, sagot nila; nguni't hindi itinutulot sa amin ng batas na ipapatay namin ang sinumang tao. Hiniling nila kay Pilato na tanggapin niya ang kanilang salita tungkol sa pagkakasala ni Kristo, at ipatupad ang kanilang hatol. Sila na ang mananagot sa anumang ma-aaring ibunga.

Si Pilato ay hindi isang matwid o tapat na hukom; nguni't bagaman mahina siya sa kapangyarihang moral, ay ayaw naman niyang pagbigyan ang kahilingang ito. Ayaw niyang hatulan si Jesus hangga't hindi sila nakapaghaharap ng isang paratang laban sa Kaniya.

Napalagay sa alanganin ang mga saserdote. Nakita nilang dapat nilang higpitang mabuti ang kanilang paglilihim upang mapagtakpan ang kanilang pagpapaimbabaw. Hindi nila dapat pahintulutang

lumitaw na si Kristo ay hinuli dahil sa mga bagay na ukol sa reli-
[1055] hiyon. Kung ito ang palalabasin nilang dahilan, ang mga ginagawa nilang pamamaraan ay mawawalan ng kabuluhan kay Pilato. Dapat nilang palitawing si Jesus ay gumawa laban sa batas ng pamahalaan; sa gayo'y maparurusahan Siyang tulad sa isang nagkasala sa pamahalaan. Noon ay kasalukuyang laging may bumabangong kaguluhan at paghihimagsik laban sa pamahalaang Romano na gawa ng mga Hudyo. Ang mga paghihimagsik na ito ay buong bagsik na pinakikitunguhan ng mga Romano, at sila'y laging handa sa pagsawata o pagsugpo sa lahat ng bagay na maaaring humantong sa himagsikan.

Ilang araw pa lamang ang nakararaan ay sinikap na ng mga Pariseong siluin si Kristo sa tanong na, "Matwid bagang kami ay bumuwis kay Cesar?" Datapwa't inilantad ni Kristo ang kanilang pagpapaimbabaw. Nakita ng mga Romanong kaharap noon ang lubos na pagkabigo ng mga magkakasabuwat, at ang kanilang pagkapahiya sa isinagot Niyang, "Ibigay ninyo kay Cesar ang kay Cesar." Lukas 20:22-25.

Inisip ngayon ng mga saserdote na palitawing si Kristo ay nakapagturo sa pagkakataong ito ng inasahan nilang ituturo Niya. Dahil sa kanilang kagipitan ay tumawag sila ng mga bulaang saksi upang matulungan sila, "at nangagpasimula silang isumbong Siya, na sinasabi, "Nasumpungan namin ang taong ito na pinasasama ang aming bansa, at ipinagbabawal na bumuwis kay Cesar, at sinasabi na Siya rin nga ang Kristo, ang Hari." Tatlong mga paralang, na bawa't isa'y walang pinagsasaligan. Batid ito ng mga saserdote, nguni't handa silang gumawa ng pagsisinungaling matamo lamang ang kanilang hinahangad.

Nakita ni Pilato ang layon nila. Hindi siya naniwalang ang bilanggo ay nagbalak na lumaban sa pamahalaan. Ang Kaniyang maamo at mapagpakumbabang ka-anyuan ay ganap na katuwas ng kanilang ipinaparatang. May palagay si Pilato na balak ng mga
[1056] Hudyong ipahamak ang walang-salang taong ito na maaring nakahahadlang sa landas ng mga pinunong Hudyo. Binalingan niya si Jesus at tinanong, "Ikaw baga ang Hari ng mga Hudyo?" Sumagot ang Tagapagligtas, "Ikaw ang nagsasabi." At nang Siya'y magsalita, ay nagliwanag ang Kaniyang mukha na para bagang tumatama roon ang sikat ng araw.

Nang marinig nila ang Kaniyang sagot, ay tinawag ni Caifas at ng mga kasama nito ang pansin ni Pilato upang masaksihan niya ang pag-amin ni Jesus sa kasalanang ipinaparatang sa Kaniya. Kasabay ng maiingay na pagsisigawan, ay hiningi ng mga saserdote, mga eskriba, at mga pinuno na Siya'y hatulan ng kamatayan. Nakisigaw rin ang magugulong karamihan, at totoong nakabibingi ang sigawan. Hindi malaman ni Pilato ang gagawin. Sapagka't hindi sumasagot si Jesus sa mga nagpaparatang sa Kaniya, ay sinabi sa Kaniya ni Pilato, "Hindi Ka sumasagot ng anuman? tingnan Mo kung ga-ano karaming bagay ang kanilang isinasakdal laban sa Iyo. Datapwa't si Jesus ay hindi pa rin sumagot ng anuman."

Sa pagkakatayo ni Kristo sa likod ni Pilato, na nata-tanaw ng lahat na nasa hukuman, ay narinig Niya ang mga pag-upasala; gayunman ay hindi Siya sumagot ng isa mang salita sa lahat ng mga maling paratang sa Kaniya. Ang buo Niyang anyo ay nagpatunay na Siya'y walang-sala. Sa Kaniyang pagkakatayo ay hindi Siya nakilos ng mabangis na bugso ng damdaming sumisigalbo sa palibot Niya. Iyon ay para bagang matitinding daluyong ng galit, na pataas nang pataas, na tulad sa mga alon ng maunos na dagat, na humahampas sa palibot Niya, nguni't hindi naman Siya maabot. Nanatili Siya sa tahimik na pagkakatayo, nguni't ang Kaniyang pananahimik ay maliwanag ang ibig sabihin. Iyon ay gaya ng isang ilawang nagliliwanag mula sa [1057]
kalooban ng tao at tumatagos hanggang sa labas.

Nagtaka si Pilato sa Kaniyang anyo. Hindi kaya pinapansin ng Taong ito ang ginagawang paglilitis dahil sa wala Siyang hangaring iligtas ang Kaniyang buhay? tanong niya sa sarili. Nang tingnan niya si Jesus, na nag-babata ng paghamak at paglibak nang hindi man gumaganti, ay nadama niyang si Jesus ay hindi maaaring maging gaya ng maiingay na saserdote na liko at di-maka-tarungan. Sa pag-asang matatamo niya sa Kaniya ang katotohanan at upang maiwasan ang pagkakagulo at pagsisigawan ng karamihan, ay kinabig ni Pilato si Jesus sa tabi niya, at muling nagtanong, "Ikaw baga ang Hari ng mga Hudyo?"

Hindi tuwirang sinagot ni Jesus ang tanong na ito. Batid Niyang nakikipagpunyagi ang Banal na Espiritu sa puso ni Pilato, at binigyan Niya siya ng pagkakataong aminin ang kaniyang paniniwala. "Sinasabi mo baga ito sa iyong sarili," tanong Niya, "o sinabi sa iyo ng mga iba tungkol sa Akin?" Alalaong baga'y iyan ba ang paratang

ng mga saserdote, o iyan ay isang paghahangad na makatanggap ng liwanag mula kay Kristo, kaya nagtanong si Pilato? Naunawaan ni Pilato ang ibig sabihin ni Kristo; nguni't gumiit ang kataasan sa kaniyang puso. Hindi niya maamin ang paniniwalang umuukilkil sa kaniya. "Ako baga'y Hudyo?" wika niya. "Ang Iyong sariling bansa at ang mga pangulong saserdote ang sa Iyo'y nagdala sa akin; anong Iyong ginawa?"

Nakalampas ang ginintuang pagkakataon kay Pilato. Gayon pa ma'y hindi pa rin siya pinabayaan ni Jesus na walang natatamong higit na liwanag. Bagama't hindi Niya tuwirang sinagot ang tanong ni Pilato, malinaw naman Niyang ipinahayag ang Kaniyang misyon. Ipinaunawa Niya kay Pilato na hindi Siya naghahanap ng isang
[1058] luklukang-hari sa lupa.

"Ang kaharian Ko ay hindi sa sanlibutang ito," wika Niya; "kung ang kaharian Ko ay sa sanlibutang ito, ang Aking mga alipin nga ay makikipagbaka, upang Ako'y huwag maibigay sa mga Hudyo: nguni't ngayo'y ang Aking kaharian ay hindi rito. Sinabi nga sa Kaniya ni Pilato, Ikaw nga baga'y Hari? Sumagot si Jesus, Ikaw ang nagsasabing Ako'y Hari. Ako'y ipinanganak dahil dito, at dahil dito Ako naparito sa sanlibutan, upang bigyang patotoo ang katotohanan. Ang bawa't isang ayon sa katotohanan ay nakikinig ng Aking tinig."

Pinatibayan ni Jesus na ang Kaniyang salita ay isang susing magbubukas ng hiwaga sa mga laang tumanggap nito. May sariling angking kapangyarihan ito, at ito ang lihim ng paglaganap ng Kaniyang kaharian ng katotohanan. Hangad Niyang maunawaan ni Pilato na sa pamamagitan lamang ng pagtanggap at pagsasakabuhayan ng katotohanan masasauli ang nagibang likas niya.

Ninais ni Pilatong makilala ang katotohanan. Nagulo ang kaniyang isip. Nahagip niya ang mga salita ng Tagapagligtas, at gayon na lamang kalaki ang paghaha-ngad ng kaniyang puso na maalaman kung ano nga iyon, at kung paano niya matatamo. "Ano ang katotohanan?" tanong Niya. Nguni't hindi na siya naghintay ng kasagutan. Ang pagkakagulo ng mga tao sa labas ay nagpadama sa kaniya ng kaselanan ng sandali; sapagka't isinisigaw na ng mga saserdote na ilagda na niya agad ang hatol. Nilabas niya ang Hudyo, at malinaw niyang ipinahayag, "Wala akong masumpungang anumang kasalanan sa Kaniya."

Ang mga salitang itong binitiwan ng isang hukom na walang pagkakilala sa Diyos ay umiiwang suwat sa kataksilan at kasinungalingan ng mga pinuno ng Israel na nagpaparatang sa Tagapagligtas. Nang marinig ito kay Pilato ng mga saserdote at mga matatanda, ay gayon na lamang ang kanilang pagkabigo at pagkagalit. Malaon na [1059] nilang binalak at hinintay ang ganitong pagkakataon. At sapagka't para na nilang nakikitang mapawawalan si Jesus, ay waring handa na silang Siya ay pagluray-lurayin. Pasigaw nilang tinuligsa si Pilato, at pinagbantaang isusumbong sa pamahalaang Romano. Pinaratangan nila siyang ayaw humatol kay Jesus, na Ito, pinatitibayan nila, ay lumalaban kay Cesar.

Mga galit na tinig ang ngayo'y napakinggan, na nagpapahayag na ang impluwensiya ng pagbabangon ni Jesus ng himagsikan ay alam na alam sa buong lupain. Sinabi ng mga saserdote, "Ginugulo Niya ang bayan, na nagtuturo sa buong Judea, magbuhat sa Galilea hanggang sa dakong ito."

Nang panahong ito ay wala sa isip ni Pilato na hatulan si Jesus. Batid niyang pinaratangan si Jesus ng mga Hudyo dahil sa poot at pananaghili. Batid niya ang kaniyang tungkulin. Hinihingi ng katarungan na si Kristo ay dapat pawalan karaka-raka. Nguni't kinatatakutan ni Pilato ang masamang kalooban ng mga tao. Kung hindi niya ibibigay si Jesus sa kanilang mga kamay, ay walang pagsalang lilikha ng gulo ang mga tao, at ito ay kinaka-takutan niyang harapin. Nang marinig niyang si Kristo ay buhat sa Galilea, ipinasiya niyang ipadala Siya kay Herodes, na pinuno ng lalawigang iyon, na noon ay nasa Jerusalem. Sa ganitong hakbangin, ay inakala ni Pilatong maililipat niya kay Herodes ang tungkulin ng paglilitis. Inisip din niyang ito'y isang mabuting pagkakataon upang papaghilumin ang matanda nang pagkakagalit nila ni Herodes. At gayon nga ang nangyari. Ang dalawang mahistrado ay naging magkaibigan uli dahil sa paglilitis sa Tagapagligtas.

Muling ibinigay ni Pilato si Jesus sa mga kawal, at sa gitna ng mga paglibak at mga paghamak ng magugulong karamihan ay madalian Siyang dinala sa bulwagan ng hukmnan ni Herodes. "Nang makita nga ni Herodes si Jesus, ay nagalak siyang lubha." Hindi [1060] pa niya nakakaharap nang una ang Tagapagligtas, nguni't "malaon nang hinahangad niya na makita Siya, sapagka't siya'y nakabalita ng maraming bagay tungkol sa Kaniya; at siya'y naghihintay na

makakita ng ilang himalang gawa Niya." Ang Herodes na ito ay yaong ang mga kamay ay nadungisan ng dugo ni Juan Bautista. Nang unang mabalitaan ni Herodes si Jesus, siya'y sinidlan ng takot, at nagsabi, "Ito ay si Juan, na aking pinugutan ng ulo: siya'y nagbangon sa mga patay;" "kaya nga makapangyarihang mga gawa ang nakikita sa Kaniya." Marcos 6:16; Mateo 14:2. Gayunma'y hinangad pa rin ni Herodes na makita si Jesus. Ngayo'y may pagkakataon nang mailigtas ang buhay ng propetang ito, at inasahan ng hari na mapapawi na magpakailanman sa kaniyang isip ang alaala ng duguang ulo na dinala sa kaniya sa isang bandehado. Hangad din niyang siya'y masiyahan, at inisip niyang kung si Kristo'y bibigyan ng pag-asang pawalan, ay gagawin niya ang lahat ng bagay na hihilingin sa kaniya.

Isang malaking pulutong ng mga saserdote at mga matatanda ang naghatid kay Kristo kay Herodes. At nang maiharap na ang Tagapagligtas, ang may matataas na tungkuling ito, na pawang pahangos na nagsisipagsalita, ay naggiit ng kanilang mga paratang laban sa Kaniya. Nguni't hindi gaanong pinansin ni Herodes ang kanilang mga paratang. Ipinag-utos niyang manahimik ang lahat, sa pagnanais na magkaroon siya ng pagkakataong matanong si Kristo. Iniutos niyang kalagin ang gapOs ni Kristo, at kaalinsabay nito'y pinagwikaan niya ang mga kaaway ni Jesus sa marahas na pakikitungong ginawa nila sa Kaniya. Sa pagtingin niyang may kahabagan sa payapang mukha ng Manunubos ng sanlibutan, ay karunungan at kalinisan lamang ang nabasa niya rito. Siya at si Pilato ay kapwa
[1061] naniniwalang si Kristo ay isinakdal dahil sa galit at pangingimbulo.

Tinanong ni Herodes si Kristo nang marami, nguni't nanatiling hindi umiimik ang Tagapagligtas. Sa utos ng hari, ay dinala roon ang mga pilay at mga lumpo, at si Kristo'y inatasang patunayan ang Kaniyang mga inaangkin sa pamamagitan ng paggawa ng himala. Sinasabi ng mga taong Ikaw ay nakapagpapagaling ng mga maysakit, sabi ni Herodes. Kinasasabikan kong makita na hindi kasinungalingan ang Iyong lumalaganap na kabantugan. Hindi sumagot si Jesus, at nagpatuloy pa rin si Herodes sa pag-aatas: Kung Ikaw ay nakagagawa ng mga himala sa mga iba, ay gawin Mo ngayon para sa ikabubuti Mo, at ito'y pakikinabangan Mo. Muli pa siyang nag-utos, Magpakita Ka sa amin ng isang tanda na Ikaw nga ay may kapangyarihang gaya ng aming nababalitaan. Nguni't si Kristo ay

tulad sa isang hindi nakakarinig at hindi nakakakita. Ibinihis ng Anak ng Diyos sa Kaniyang sarili ang likas o katutubo ng tao. Dapat Niyang gawin ang gagawin ng tao sa ganito ring mga pangyayari. Kaya nga hindi Siya gumawa ng himala upang iligtas ang Kaniyang sarili sa hirap at kadustaang dapat maranasan at pagtiisan ng tao kung napapalagay sa ganito ring kalagayan.

Ipinangako ni Herodes na kung si Kristo ay gagawa ng himala sa harap niya, ay palalayain Siya. Nasaksihan ng sariling mga mata ng mga nagsasakdal kay Kristo ang mga kababalaghang gawa na ginawa ng Kaniyang kapangyarihan. Narinig nilang nag-utos Siya sa libingan na ilabas nito ang patay na nasa kaniya. Nakita nila ang patay na lumabas sa libingan bilang pagtalima sa Kaniyang tinig. Sinidlan sila ng takot na baka ngayon ay gumawa Siya ng isang himala. Sa lahat ng mga bagay na kanilang kinatatakutan nang labis ay ang pagpapakita Niya ng Kaniyang kapangyarihan. Ang gayong pagpapakita ng Kaniyang kapangyarihan ay magsisilbing dagok na papatay sa kanilang mga panukala, at maaari pang ikapahamak ng kanilang mga buhay. Muli na na- mang iginiit ng mga saserdote at [1062]
mga pinuno ang kanilang mga paratang laban sa Kaniya. Pasigaw nilang sinabi, Siya ay isang taksil, isang mamumusong. Siya ay gumagawa ng mga himala sa pamamagitan ng kapang-yarihang bigay sa Kaniya ni Beelzebub, na prinsipe ng mga demonyo. Gayon na lamang ang pagkakagulo sa bulwagan, ang ilan ay sumisigaw ng isang bagay at ang iba ay iba naman.

Hindi na ngayon nangingilabot si Herodes na digaya noong hingin ni Herodias ang ulo ni Juan Bautista. May isang panahong nadama niya ang matinding ulos ng pagdadalang-sisi dahil sa kaniyang nakapangingilabot na ginawa; nguni't ang kaniyang mga pang-unawang moral ay naging lalo at lalo nang hamak dahil sa kaniyang mahalay na pamumuhay. Ngayo'y tumigas nang lubha ang kaniyang puso na anupa't naipagyayabang pa niya ang parusang iginawad niya kay Juan dahil sa pangangahas nitong siya'y sansalain. At ngayo'y binantaan niya si Jesus, na paulit-ulit na sinasabing siya'y may kapang-yarihang magpalaya o humatol sa Kaniya. Gayunma'y nanatili pa ring hindi umiimik si Jesus na parang walang anuman Siyang narinig.

Nayamot si Herodes sa ganitong di-pag-imik ni Jesus. Parang nagpapahiwatig ito nang lubos na pagwawa-lang-bahala sa kaniyang

kapangyarihan. Sa mayabang at magilas na hari, ang hayagang pagsuwat ay hindi pa ga-anong masama kaysa di-pagpansin. Kaya pagalit niyang binantaang muli si Jesus, na namalagi pa ring di-kumikilos at di-umiimik.

Ang misyon ni Kristo sa sanlibutang ito ay hindi upang bigyang-kasiyahan ang walang-kabuluhang pag-uusyuso ng mga tao. Siya'y naparito upang pagalingin ang mga may bagbag na puso. Kung Siya'y nakapagsasa-lita ng anuman upang pagalingin ang mga sugat
[1063] ng mga maysakit na kaluluwa, hindi sana Siya namalaging di-umiimik. Nguni't wala Siyang masasalitang anuman para sa mga nagsisiyurak sa katotohanan sa pamamagitan ng kanilang tampalasang mga paa.

Maaari sanang magsalita si Kristo kay Herodes ng mga salitang manunuot sa mga pandinig ng haring may matigas na puso. Maaaring ito'y Kaniyang sindakin at panginigin sa pamamagitan ng paglalahad sa harap nito ng ganap na kalikuan ng buhay nito, at ng kakila-kilabot na parusang darating dito. Datapwa't ang di-pagimik ni Kristo ay siyang pinakamatinding pagsuwat na Kaniyang maibibigay. Tinanggihan ni Herodes ang katotohanang sinalita ng pinakadakila sa mga propeta, at wala nang iba pang pabalitang tatanggapin ito. Wala nang masasabi pa rito ang Hari ng langit. Ang taingang yaong laging nakabukas sa daing ng mga tao, ay paking sa mga utos ni Herodes. Ang mga matang yaon na laging nakatuong nahahabag na taglay ang nagpapatawad na pag-ibig sa makasalanang nagsisisi, ay wala nang maiukol na sulyap kay Herodes. Ang mga labing yaon na bumigkas ng lalong nakapagkikintal na katotohanan, na sa pinakamagiliw na pakikiusap ay namanhik sa lalong makasalanan at lalong hamak, ay nakatikom na sa palalong hari na hindi nakaramdam ng pangangailangan ng isang Tagapagligtas.

Nagdilim ang mukha ni Herodes sa matinding galit. Pagbaling niya sa karamihan, ay pagalit niyang isinigaw na si Jesus ay isang impostor. Pagkatapos ay sinabi niya kay Kristo, Kung Ikaw ay hindi magbibigay ng katunayan ng Iyong inaangkin, ay ibibigay kita sa mga kawal at sa mga tao. Maaaring sila'y magtagumpay na mapapagsalita Ka. Kung Ikaw ay isang impostor, kamatayan lamang sa kanilang mga kamay ang bagay sa Iyo; kung Ikaw ay Anak ng

Diyos, ay iligtas Mo ang Iyong sarili sa pamamagitan ng paggawa ng isang himala.

Kabibigkas pa lamang ng mga salitang ito ay kagyat nang di- [1064]
naluhong ng mga tao si Kristo. Tulad sa mababangis na hayop, dinumog ng magugulong karamihan ang kanilang huli. Kinaladkad si Jesus nang paparito at paparoon, at si Herodes naman ay nakisama sa karamihan upang palibhasain ang Anak ng Diyos. Kung hindi nakapamagitan ang mga kawal na Romano, at naipagtulakang paurong ang galit-na-galit na karamihan, sana'y nagka-luray-luray ang Tagapagligtas.

"Si Herodes na kasama ang kaniyang mga kawal ay inalimura Siya, at Siya'y nilibak, at sinuutan Siya ng maringal na damit." Nakisama na rin sa ganitong pagma-malabis ang mga kawal na Romano. Lahat ng paglibak at pagpapahirap na magagawa ng mga tampalasan at masa-samang kawal na ito, sa tulong ni Herodes at ng matataas na tao ng mga Hudyo, ay ginawa nila sa Tagapagligtas. Gayunma'y hindi nagkulang ang Kaniyang maka-Diyos na pagtitiis.

Sinikap ng mga umuusig kay Kristo na sukatin ang Kaniyang likas sa pamamagitan ng likas nila; inilarawan nila Siya na kasing-imbi rin nila. Nguni't sa likod ng kasalukuyang nakikita ay isa pang tanawin ang kusang lumitaw—isang tanawing balang araw ay makikita nila sa buong kaluwalhatian nito. May ibang naroon na nanginig sa harap ni Kristo. Samantalang ang mararahas na karamihan ay buong pangungutyang lumuhod sa harap Niya, ang ibang nagsilapit upang gumawa rin nang gayon ay nagsitalikod, na nangatakot at nangatahimik. Nasumbatan si Herodes. Ang huling sinag ng mahabaging liwanag ay tumatanglaw sa kaniyang pusong pinatigas ng kasalanan. Nadama niyang ito'y hindi pangkaraniwang tao; sapagka't ang liwanag ng pagka-Diyos ay kumislap sa katawang-tao ni Kirsto. Nang sandali ring iyon na si Kristo'y napaliligiran ng mga manlilibak, mga manganga-lunya, at mga mamamatay-tao, ay naramdaman ni Herodes na ang kaniyang nakikita at pinagmamas- [1065]
dan ay isang Diyos na nakaupo sa Kaniyang trono.

Pusakal mang masama si Herodes, ay hindi rin niya pinangahasang pagtibayin ang hatol kay Kristo. Nais niyang maibsan siya ng kakila-kilabot na kapanagutan, at kaya nga kaniyang ipinabalik si Jesus sa bulwagan ng hukumang Romano.

Nabigo si Pilato at labis na nayamot. Nang bumalik ang mga Hudyo na dala ang kanilang bilanggo, may pagkainip na itinanong niya kung ano ang ibig nilang gawin niya. Ipinaalaala niya sa kanila na nasiyasat na niya si Jesus, at wala naman siyang nasumpungang pagkakasala Niya; sinabi pa niyang nagharap sila ng mga sumbong laban sa Kaniya, nguni't isa man sa mga ito ay hindi nila napatunayan. Ipinadala niya si Jesus kay Herodes, na tetrarka ng Galilea, at isang kababayan nila, nguni't siya man ay walang anumang nasumpungan sa Kaniya na karapat-dapat sa kamatayan. "Siya nga'y aking parurusahan," wika ni Pilato, "at Siya'y pawawalan."

Dito ipinakilala ni Pilato ang kaniyang kahinaan. Sinabi niyang si Jesus ay walang-kasalanan, nguni't handa pa rin siyang ipahampas Siya upang mapatahimik ang mga nagpaparatang sa Kaniya. Ipatatalo niya ang katarungan at simulain upang makipagkasundo sa magugulong karamihan. Ito ang naglagay sa kaniya sa tagibang na kalagayan. Nahalata ng mg tao ang kaniyang kahina-an, at lalong hiningi nila ang buhay ng bilanggo. Kung sa pasimula pa lamang ay nanindigan na nang buong tibay si Pilato, at tumangging hatulan ang isang taong nasumpungan niyang walang-kasalanan, sana'y nalagot niya ang nakamamatay na tanikalang gagapos sa kaniya sa buong buhay niyang nagdadalang-sisi. Kung isinagawa lamang niya ang pinaniniwalaan niyang matwid, sana'y hindi nangahas ang mga Hudyo na diktahan siya. Maaaring naipapatay si Kristo, nguni't
[1066] hindi ana nagpasan si Pilato ng kasalanan. Nguni't gumawa si Pilato ng mga hakbang na labag sa kaniyang budhi. Iniwasan niyang humatol nang may katarungan at karampatan, at ngayon ay nasumpungan niya ang kaniyang sarili na halos walang-magawa sa mga kamay ng mga saserdote at mga pinuno. Ang kaniyang pag-uulik-ulik at pag-aalanganin sa pagbibigay ng pasiya ay naging kapahamakan niya.

Hanggang sa sandaling ito ay hindi pa rin pinabayaan si Pilato na humatol nang parang bulag. Isang pasabing buhat sa Diyos ang nagbabala sa kaniya na huwag gawin ang bagay na malapit na niyang gawin. Bilang tugon sa panalangin ni Kristo, dinalaw ng isang anghel na mula sa langit ang asawa ni Pilato, at sa isang panaginip ay nakita nito ang Tagapagligtas at ito'y nakipag-usap sa Kaniya. Ang asawa ni Pilato ay hindi isang Hudyo, nguni't nang sa panaginip nito ay tingnan nito si Jesus, hindi nito pinag-alin-

langanan ang Kaniyang likas o misyon. Nakilala nitong Siya ang Prinsipe ng Diyos. Nakita nitong nililitis Siya sa bulwagan ng hukuman. Nakita nitong nagagapos nang mahigpit ang Kaniyang mga kamay na tulad sa isang kriminal. Nakita nito si Herodes at ang mga kawal nito na nagsisigawa ng kanilang kakila-kilabot na gawa. Narinig nito ang mga saserdote at mga pinuno, na lipos ng inggit at galit, na nagpaparatang. Narinig nito ang mga salitang, "Kami'y mayroong isang kautusan, at ayon sa kautusang yaon ay nararapat Siyang mamatay." Nakita nitong ibinigay ni Pilato si Jesus upang hampasin, pagkatapos masabi nito na, "Ako'y walang nasumpungang kasalanan sa Kaniya." Narinig nito ang hatol na iginawad ni Pilato, at nakita siyang ibinigay si Kristo sa mga magsisipatay sa Kaniya. Nakita nitong itinindig ang krus sa Kalbaryo. Nakita nitong nilukuban ng kadiliman ang lupa, at napakinggan ang mahiwagang sigaw na, "Naganap na." Isa pa ring tanawin ang natuunan ng tanaw nito. Nakita nitong si Kristo'y nakaupo sa malaki at puting alapaap, [1067]
samantalang ang lupa'y gumugulong sa kalawakan, at ang mga papatay sa Kaniya ay nagsisitakas sa harap ng Kaniyang kaluhwalhatian. Kasabay ang isang natatakot na sigaw ang asawang ito ni Pilato ay nagising, at ito'y karaka-rakang sumulat kay Pilato ng mga salitang nagbababala.

Samantalang nag-iisip si Pilato tungkol sa kung ano ang nararapat niyang gawin, isang utusan ang gumitgit sa karamihan, at iniabot sa Kaniya ang sulat buhat sa kaniyang asawa, na ganito ang isinasaad:

"Huwag kang makialam sa matwid na Taong iyan: sapagka't ngayong araw na ito'y naghirap ako ng maraming bagay sa panaginip dahil sa Kaniya."

Biglang namutla si Pilato. Naguguluhan siya sa pagtatalo ng kaniyang loob. Datapwa't samantalang nagluluwat siya sa paglalagda ng hatol, patuloy namang pina-pag-alab ng mga saserdote at mga pinuno ang kalooban ng mga tao. Napilitang kumilos si Pilato. Naisip niya ngayon ang isang kaugalian na makatutulong upang mapalaya si Kristo. Naging kaugalian na sa ganitong kapistahan na magpalaya ng isang bilanggo na pipiliin ng mga tao. Ang kaugaliang ito ay buhat sa mga pagano; wala itong kamunti mang bahid ng katarungan, gayunma'y lubha itong pinahahalagahan ng mga Hudyo. Nang panahong ito ang mga pinunong Romano ay

may pinipigil na isang bilanggo na nangangalang Barabas, na may hatol na kamatayan. Ang taong ito ay nag-aangking siya'y Mesiyas. Inangkin nito na siya ay may dalang kapangyarihang mag-ayos ng lahat ng mga bagay, upang mailagay sa matwid ang sanlibutan. Sa ilalim ng pandaraya ni Satanas ay inangkin nito na anuman ang mapasakaniya sa pamamagitan ng pagnanakaw at panloloob ay kaniya iyon. Sa tulong ng mga kinakasangkapan ni Satanas ay nakagawa siya ng mga kahanga-hangang bagay, nagkaroon siya ng mga ka-
[1068] panalig, at nag-udyok ng paghihimag- sik laban sa pamahalaang
[1069] Romano. Siya ay isang matigas at pusakal na kriminal, na may layong maghimagsik at magmalupit, nguni't nagtatago sa loob ng pagkukunwaring masigla at masigasig sa gawaing panrelihiyon. Inisip ni Pilato, na kung pamimiliin niya ang mga tao sa hamak na kriminal na ito at sa walang-salang Tagapagligtas, ay magigising niya ang kanilang damdamin upang humatol nang ayon sa katarungan. Inasahan niyang papanigan siya ng mga tao laban sa mga saserdote at mga pinuno sa pagpapalaya kay Jesus. Kaya nga, hinarap niya ang karamihan, at buong kasiglahang nagwika, "Sino ang ibig ninyong sa inyo'y aking pawalan? Si Barabas, o si Jesus na tinatawag na Kristo?"

Tulad sa atungal ng mababangis na hayop ay dumating ang sagot ng magugulong karamihan. "Pawalan mo sa amin si Barabas!" Palakas nang palakas ang sigaw, Si Barabas! si Barabas! Sa pagaakala ni Pilatong hindi naunawaan ng mga tao ang kaniyang tanong, ay pamuli siyang nagtanong, "Ibig baga ninyo na pawalan ko sa inyo ang Hari ng mga Hudyo?" Nguni't muli silang nagsigawan, "Alisin mo ang Taong ito, at pawalan mo sa amin si Barabas"! "Ano ang aking gagawin kay Jesus na tinatawag na Kristo?" tanong ni Pilato. Muling nagsigawang gaya ng mga demonyo ang humuhugos na karamihan. Mga demonyo na nga sila sa gitna ng karamihan, na nasa anyong tao, at ano pa ang maaasahang isagot nila kundi, "Ipako Siya sa krus"?

Nabagabag si Pilato. Hindi niya inakalang mangya-yari ang gayon. Nahintakutan siyang ibigay ang isang taong walang-sala sa pinakahamak at pinakamalupit na kamatayan. Nang humupa na ang sigawan, ay sinabi niya sa mga tao, "Bakit, anong kasamaan ang Kaniyang ginawa?" Nguni't tapos na ang pag-uusap. Hindi ang katunayan ng pagkawalang-sala ni Kristo ang ibig nila, kundi ang Siya

ay hatulan at parusahan. Gayunman ay sinikap pa rin ni Pilatong Siya ay mailigtas. "Kaniyang sinabi sa kanila na bilang ikatlo, Bakit, anong masama ang Kaniyang ginawa? Wala akong nasumpungang anumang kadahilanang ipatay sa Kaniya: parurusahan ko nga Siya, at Siya'y pawawalan." Nguni't nang marinig nilang binanggit ang tungkol sa pagpapawala sa Kaniya ay nagsampung ibayo ang pagkagalit at pagsisigawan nila. "Ipako Siya sa krus, ipako Siya sa krus!" sigaw nila. Palakas nang palakas na nag-inugong ang sigawan ng mga tao na anupa't natinag ang ai-pag-papasiya ni Pilato. [1070]

Si Jesus na nanlalambot sa pagod at tadtad ng mga sugat ay sinunggaban, at hinampas sa harap ng karamihan. "At dinala Siya ng mga kawal sa looban, na siyang Pretorio; at kanilang tinipon ang buong pulutong. At Siya'y kanilang dinamtan ng kulay-ube, at nang makapag-kama-kama ng isang putong na tinik, ay ipinutong nila sa Kaniya, at nagpasimula silang Siya'y batiin, Aba, Hari ng mga Hudyo! At ... Siya'y niluraan, at pagkaluhod nila, Siya'y sinamba." Paminsan-minsan ay may umaagaw sa tambong hawak Niya sa kamay at hinahampas ang putong na tinik na nasa Kaniyang ulo, na dahil dito'y bumabaon ang mga tinik sa Kaniyang mga pilipisan, at tumutulo ang dugo sa Kaniyang mukha at balbas.

Manggilalas ka, Oh mga langit! at magtaka ka, Oh lupa! Masdan mo ang nagpaparusa at ang pinarurusahan. Isang hibang na pulutong ang nakapaligid sa Tagapag-ligtas ng sanlibutan. Panlilibak at pangungutya ang kalakip ng magagaspang na tungayaw ng pamumusong. Ang Kaniyang abang pagkatao at maralitang kabuhayan ay hinamak ng mga walang-pusong karamihan. Ang pagaangkin Niyang Siya ang Anak ng Diyos ay tinuya, at nagpasalin-salin sa mga labi ng mga tao ang lantarang panunudyo at pamamalibhasa.

Pinamunuan ni Satanas ang malupit na karamihan sa pagmamalabis sa Tagapagligtas. Ang layon niya ay pagalitin Siya upang gumanti kung maaari, o kaya'y mapilit Siyang gumawa ng himala na pakawalan ang Kaniyang sarili, at sa gayo'y masira ang panukala ng pagliligtas. Isang dungis sa Kaniyang kabuhayan sa pagigingtao, isang pagkukulang ng Kaniyang katawang-tao na magtiis ng kakila-kilabot na pagsubok, at ang Kordero ng Diyos ay magiging isa nang di-sakdal na handog o hain, at ang pagtubos sa tao ay mabibigo na. Datapwa't Siya na sa isang utos ay makapagpapababa ng hukbo ng kalangitan upang tulungan Siya—Siya na makapagpapalayas [1071]

sa malulupit na karamihang yaon dahil sa sindak sa pamamagitan ng pagpapakislap Niya sa ningning ng kaluwalhatian ng Kaniyang pagka-Diyos—ay nagpailalim sa pinakamagaspang na paghamak at karahasan na taglay ang sakdal na kahinahunan.

Hiningi ng mga kaaway ni Kristo na Siya'y gumawa ng isang himala bilang katunayan ng Kaniyang pagka-Diyos. Lalo pa manding mahigit ang katibayang ibinigay sa kanila. Kung paanong dahil sa kalupitan ng mga nagpaparusa ay naging katulad na sila ni Satanas, gayundin namang dahil sa Kaniyang kaamuan at pagtitiis ay naibunyi nito si Jesus nang higit sa mga tao, at pinatunayan ang Kaniyang pagiging Anak ng Diyos. Ang Kaniyang pagpapakababa ay siyang pangako ng Kaniyang pagkakataas. Ang mga patak ng dugo ng paghihirap na dumaloy sa Kaniyang mukha at balbas mula sa nasugatan Niyang mga pilipisan ay pangako ng pagpapahid sa Kaniya ng "langis ng kasayahan" (Hebreo 1:9) bilang ating lubhang Dakilang Saserdote.

Lubhang nagalit si Satanas nang makita niyang ang lahat ng pagmamalabis na ginawa sa Tagapagligtas ay hindi nakapilit sa Kaniya upang Siya'y pamutawian sa mga labi ng kahit bahagya mang pagtutol o pagdaing. Bagama't kinuha Niya ang likas ng tao,
[1072] Siya naman ay inalalayan ng maka-Diyos na katibayan, at hindi Siya humiwalay kamunti man sa kalooban ng Kaniyang Ama.

Nang ibigay ni Pilato si Jesus upang hampasin at libakin, ang akala niya'y iyon ang makapupukaw upang mahabag ang karamihan. Ang pag-asa niya'y iisipin nilang sapat nang parusa iyon. Maging ang galit at inggit ng mga saserdote ay inakala niyang magbabawa na ngayon. Nguni't nakita ng mga Hudyo sa matalas nilang pag-iisip ang kahinaan ng gayong pagpaparusa sa isang taong sinasabing walang-kasalanan. Batid nilang pinagsisikapan ni Pilatong iligtas ang buhay ng bilanggo, at kaya naman mahigpit nilang ipinasiya na huwag pawalan si Jesus. Upang tayo'y mapaluguran at mabigyangkasiyahan, ay ipinahampas Siya ni Pilato, nawika nila, at kung pipilitin pa natin siya, ay walang pagsalang matatamo natin ang ating ninanais.

Ngayon ay ipinatawag ni Pilato si Barabas upang dalhin sa hukuman. Pagkatapos ay iniharap niya ang dalawang bilanggo nang magkatabi, at pagkaturo sa Tagapagligtas ay nagsalita siya sa tinig na lubhang nama-manhik, "Narito ang Tao!" "Siya'y inilabas ko

sa inyo, upang inyong matalastas na wala akong masumpungang anumang kasalanan sa Kaniya."

Nakatindig doon ang Anak ng Diyos, na suot ang damit ng panlilibak at ang putong ng mga tinik. Hubad hanggang baywang, sa Kaniyang likod ay makikita ang mahahaba at malulupit na latay, na binubukalan ng saganang dugo. Ang Kaniyang mukha ay nakukulapulan ng dugo, at may mga bakas ng pagkahapo at paghihirap: nguni't ito'y hindi kailanman naging higit na maganda kundi ngayon. Ang mukha ng Tagapagligtas ay hindi dungisan sa harap ng Kaniyang mga kaaway. Bawa't guhit ay nagpapahayag ng kaamuan at pagpapaubaya at ng pinakamagiliw na pagkahabag sa malulupit Niyang mga kaaway. Wala sa Kaniyang anyo ang duwag na kahinaan, kundi manapa'y ang lakas at dangal ng pagpa- [1073]
pahinuhod. Kaibang-kaiba naman ang bilanggong nasa tabi Niya. Bawa't guhit ng mukha ni Barabas ay nagpapahayag na siya ay isang pusakal na masamang-tao. Kitang-kita ng bawa't tumitingin ang pagkakaiba ng dalawa. Ang ilan sa mga nanonood ay nagsisitangis. Nang makita nila si Jesus ay napuno ng pakikiramay ang kanilang mga puso. Pati mga saserdote at mga pinuno ay nagsipaniwala na rin na Siya na nga ang gaya ng sinasabi Niyang Siya.

Ang mga kawal na Romanong nakapaligid kay Kristo ay hindi naman pawang matitigas ang loob; ang ilan ay masusing nakatingin sa Kaniyang mukha upang humanap ng isang katunayan na Siya ay isang kriminal o mapanganib na tao. Paminsan-minsan ay pinupukol nila ng tinging may paghamak si Barabas. Hindi na kailangan ang malalim na pag-unawa upang makilala siya nang lubusan. Pamuling titingnan nila ang Isang nililitis. Minasdan nila ang banal na Nagdurusa na taglay ang damdamin ng taos na pagkahabag. Ang tahimik na pagpapasakop ni Kristo ay napakintal sa kanilang mga diwa, na di-kailanman mapapawi hanggang sa tanggapin nilang Siya ang Kristo, o kaya'y tanggihan nila Siya sa kanila na ring ikapapahamak.

Namangha si Pilato sa walang-imik na pagtitiis ng Tagapagligtas. Wala siyang alinlangan na ang anyo ng Taong ito, na ibang-iba kay Barabas, ay makapupukaw sa mga Hudyo upang mahabag. Nguni't hindi niya naunawaan ang bulag na pagkapoot ng mga saserdote sa Kaniya, na, bilang Ilaw ng sanlibutan, ay nagbunyag ng kanilang kadiliman at kamalian. Naudyukan nila ang magugulong karamihan na magsiklab sa mabangis na galit, at kaya nga ang mga

saserdote, mga pinuno, at ang mga tao ay muli namang sumigaw ng nakapangingilabot na sigaw, "Ipako Siya sa krus, ipako Siya sa krus."
[1074] Sa wakas, palibhasa'y naubos na rin ang lahat niyang pagtitiis sa di-makatwiran nilang kalupitan, buong kawalang-pag-asang sumigaw si Pilato, "Kunin ninyo Siya, at ipako ninyo Siya sa krus: sapagka't ako'y walang masumpungang kasalanan sa Kaniya."

Bagama't ang gobernador na Romano ay bihasang makakita ng mga tanawin ng kalupitan, gayunma'y nahabag din sa nagdurusang bilanggo, na, gayong hinatulan at hinampas, at may nagdurugong noo at likod na sugat-sugatan, ay may kaanyuan pa rin ng isang hari na nakaluklok sa kaniyang trono. Datapwa't sinabi ng mga saserdote, "Kami'y mayroong isang kautusan, at ayon sa kautusang yaon ay nararapat Siyang mamatay, sapagka't Siya'y nagpapanggap na Anak ng Diyos."

Nagitlahanan si Pilato. Wala siyang tumpak na kuru-kuro tungkol kay Kristo at sa Kaniyang misyon; nguni't may malabo siyang pananampalataya sa Diyos at mga kinapal na nakahihigit sa mga tao. Ang isipang minsa'y nalarawan sa kaniyang isip nang una ay nagkakaroon ngayon ng lalong tiyak na hugis. Naisip niyang baka ang nakaharap niya ay isang Diyos na nga, na nararamtan ng kulay-ubeng damit ng kadustaan, at napuputungan ng koronang tinik.

Pumasok siya uli sa bulwagan ng hukuman, at sinabi kay Jesus, "Taga saan Ka?" Nguni't hindi siya sinagot ni Jesus. Malayang nagsalita ang Tagapagligtas kay Pilato, na ipinaliliwanag ang Kaniyang misyon bilang isang saksi sa katotohanan. Nguni't hindi pinansin ni Pilato ang liwanag. Pinagmalabisan niya ang mataas na tungkulin ng pagiging hukom sa pamamagitan ng pagsusuko ng kaniyang mga simulain at kapangyarihan sa mga hini-hingi ng magugulong karamihan. Si Jesus ay wala nang iba pang liwanag para sa kaniya. Dahil sa maluwat na di-pag-imik ni Jesus, buong kapalaluang nagwika si Pilato:

[1075] "Sa akin ay hindi Ka nagsasalita? Hindi Mo baga nalalaman na ako'y may kapangyarihang sa Iyo'y magpako sa krus, at may kapangyarihang sa Iyo'y magpalaya?"

Sumagot si Jesus, "Anumang kapangyarihan ay hindi ka magkakaroon laban sa Akin, malibang ito'y ibinigay sa iyo mula

sa itaas: kaya't ang nagdala sa iyo sa Akin ay may lalong malaking kasalanan."

Sa ganitong paraan pinagpaumanhinan ng maawaing Tagapagligtas, sa gitna ng Kaniyang matinding paghihirap at kalumbayan, ang ginawa ng gobernador na Romano na ibinigay Siya upang ipapako sa krus. Ano ngang tanawin ito na inilaladlad sa sanlibutan para sa lahat ng panahon! Ano ngang liwanag ang isinasabog nito tungkol sa likas Niya na Hukom ng buong lupa!

"Ang nagdala sa iyo sa Akin," sabi ni Jesus, "ay may lalong malaking kasalanan." Ang ibig sabihin ni Kristo nito ay si Caifas, na bilang dakilang saserdote, ay siyang kumakatawan sa bansang Hudyo. Talos nila ang mga simulaing pumipigil sa mga maykapangyarihang Romano. Nagkaroon sila ng liwanag sa mga hulang nagpapa-totoo tungkol kay Kristo, at sa Kaniyang mga turo at mga himala. Tumanggap ang mga hukom na Hudyo ng di-mapagkakamaling katibayan ng pagka-Diyos Niyaong kanilang hinatulang mamatay. At ayon sa liwanag na kanilang tinanggap ay sila'y hahatulan.

Ang pinakamalaking kasalanan at pinakamabigat na kapanagutan ay nakababaw sa mga nasa pinakamatataas na tungkulin sa bansa, ang mga pinaglagakan ng mga banal na tiwala na kanilang ipinagkakanulo. Si Pilato, si Herodes, at ang mga kawal na Romano ay pareparehong walang-nalalaman tungkol kay Jesus. Inisip nilang bigyang-kasiyahan ang mga saserdote at mga pinuno sa pamamagitan ng pagmamalabis sa Kaniya. Wala sa kanila ang liwanag na buong kasaganaang tinatanggap ng bansang Hudyo. Kung nabigyan lamang ng liwanag ang mga kawal na Romano, kaipala'y hindi nila [1076]
pinagmalupitan si Kristo na gaya ng ginawa nila.

Muling iminungkahi ni Pilato na pawalan ang Tagapagligtas. "Nguni't ang mga Hudyo ay nagsigawan, na nangagsasabi, Kung pawalan mo ang taong ito, ay hindi ka kaibigan ni Cesar." Sa ganitong paraan nagkunwari ang mga mapagpaimbabaw na ito na sila'y masisikap para sa ikapapanatag ng kapangyarihan ni Cesar. Nguni't sa lahat ng mga lumalaban sa pamahalaang Romano, ang mga Hudyo ay siyang pinakamahigpit. Pinakamalupit sila sa pagpapatupad ng sarili nilang mga kautusang pambansa at panrelihiyon, pagka ligtas silang gumawa nang gayon; subali't kung may nais silang parusahan o pagmalupitan, ay ibinubunyi nila ang kapangyarihan ni Cesar.

Upang maisakatuparan ang pagpapa-hamak kay Kristo, nagpanggap silang tapat sa pamahalaang dayuhan na kanilang kinasusuklaman.

"Ang bawa't isang nagpapanggap na hari," patuloy na wika nila, "ay nagsasalita nang laban kay Cesar." Pinatatamaan nito si Pilato sa bahaging mahina siya. Siya'y pinaghihinalaan ng pamahalaang Romano, at batid niyang ang gayong ulat o balita ay magpapahamak sa kaniya. Batid niyang kung mabibigo ang mga Hudyo, ang galit nila ay ibabaling sa kaniya. Wala silang hindi gagawin upang magawa nila ang kanilang paghihiganti. Nasa harap niya ang isang halimbawa ng pagpipilit ng mga ito na makitil ang buhay ng Isang kinapopootan nila nang walang kadahilanan.

Nang magkagayo'y umupo si Pilato sa luklukan ng hukuman, at iniharap uli si Jesus sa mga tao, na nagsa-sabi, "Narito ang inyong Hari!" Muling umalingawngaw ang malakas na sigawan, "Alisin Siya, ipako Siya sa krus!" Sa tinig na naririnig sa malayo at sa malapit, ay itinanong ni Pilato, "Ipapako ko baga sa krus ang iny-
[1077] ong Hari?" Nguni't sa mga labing lapastangan at mapamusong ay namulanggos ang mga salitang, "Wala kaming hari kundi si Cesar."

Kaya sa pagpili ng mga Hudyo ng isang pinunong pagano, ay humihiwalay na sila sa pamahalaang Diyos ang nagpupuno. Tinanggihan nila ang Diyos na maging hari nila. Mula noon ay wala na silang tagapagligtas. Wala na silang hari kundi si Cesar. Dito inakay ng mga saserdote at mga guro ang mga tao. Dahil dito, at sa nakatatakot na naging mga bunga, ay sila ang nananagot. Ang kasalanan ng isang bansa at ang kapahamakan ng isang bansa ay sagutin ng mga lider ng relihiyon.

"Nang makita ni Pilato na wala siyang magawa, kundi bagkus pa ngang lumalala ang kaguluhan, siya'y kumuha ng tubig, at naghugas ng kaniyang mga kamay sa harap ng karamihan, na sinasabi, Wala akong kasalanan sa dugo nitong matwid na Tao: kayo ang bahala sa Kaniya." Sinusumbatan ng sariling budhing tiningnan ni Pilato ang Tagapagligtas. Sa napakaraming mukhang nangakatingala, ang kay Jesus lamang ang kinababadhaan ng kapayapaan. Sa palibot ng Kaniyang ulo ay waring may malamlam na sinag na lumiliwanag. Sa puso ni Pilato ay nawika niya, Siya ay isang Diyos. Pagbaling niya sa karamihan ay sinabi niya, Wala akong kasalanan sa dugo Niya. Kunin ninyo Siya, at ipako ninyo Siya sa krus. Subali't tandaan ninyo, kayong mga saserdote at mga pinuno, sinasabi kong Siya'y

matwid na Tao. Harinawang Siya na tinatawag Niyang Kaniyang Ama ay siyang humatol sa inyo at hindi sa akin sa ginawa ko sa araw na ito. Pagkatapos ay sinabi naman niya kay Jesus, Patawarin Mo ako sa ginawa kong ito; hindi ko Ikaw mailigtas. At nang mahampas niyang muli si Jesus, ay ibinigay niya Siya upang maipako sa krus.

Ibig na ibig ni Pilatong mailigtas si Jesus. Nguni't nakita niyang hindi niya ito magagawa, at mapananatili pa ang kaniyang tungkulin
at karangalan. Sa halip na mawala ang kaniyang kapangyarihang [1078]
makasanlibutan, ay pinili pa niyang makitil ang buhay ng isang walang-kasalanan. Gaano nga karami ang sa ganito ring paraan ay nagsasakripisyo ng simulain upang maiwasan lamang na mawalan ng isang bagay o upang huwag maghirap. Itinuturo ng budhi at ng tungkulin ang isang da-an, itinuturo naman ng kapakinabangang pansarili ang ibang daan. Malakas ang agos na gawang kamalian, at ang nakikipagkasundo sa kasamaan ay natatangay sa makapal na dilim ng pagkakasala.

Sumuko si Pilato sa mga hinihingi ng magulong karamihan. Upang huwag mawala ang kaniyang katungkulan, ay ibinigay niya si Jesus upang maipako sa krus. Datapwa't sa kabila ng lahat niyang mga pag-iingat, ang bagay mismong kinatatakutan niyang mangyari ay dumating sa kaniya. Hinubad sa kaniya ang kaniyang mga karangalan, ibinaba siya sa kaniyang mataas na tungkulin, at sa tindi ng kaniyang sama ng loob at pagkapahiya, ay nagpakamatay siya hindi pa man naluluwatang naipapako sa krus si Kristo. Kaya lahat ng nakikipagkasundo sa kasalanan ay magtatamo lamang ng kalungkutan at pagkapahamak. "May daan na tila matwid sa tao, nguni't ang dulo niyaon ay mga daan ng kamatayan." Kawikaan 14:12.

Nang ipahayag ni Pilatong siya'y walang-sala sa dugo ni Kristo, buong tigas namang sumagot si Caifas, "Mapasaamin ang Kaniyang dugo, at sa aming mga anak." Gayunding mga salitang nakapanghihilakbot ang sinabi ng mga saserdote at mga pinuno, at inulit naman ng karamihan sa madagundong na mga tinig. Ang buong karamihan ay sumagot at nagsabi, "Ang Kaniyang dugo ay mapasaamin, at sa aming mga anak."

Ginawa na ng bayang Israel ang kanilang pagpili. Itinuturo si Jesus na sila'y nagsabi, "Hindi ang taong ito, kundi si Barabas." Si
Barabas, na tulisan at mamamatay-tao, ay kinatawan ni Satanas. Si [1079]

Kristo ay siyang kinatawan naman ng Diyos. Si Kristo ay itinakwil; si Barabas ang pinili. Kaya si Barabas ang napasakanila. Sa pagpili nilang ito ay tinanggap nila yaong buhat pa sa pasimula ay isa nang sinungaling at mamamatay-tao. Si Satanas ang lider nila. Bilang isang bansa ay gagawin nila ang kaniyang ididikta o itatagubilin. Gagawin nila ang kaniyang mga gawa. Ang kaniyang pamumuno ay siya nilang titiisin. Ang mga taong pumili kay Barabas sa halip na kay Kristo ay makakaramdam ng kalupitan ni Barabas hanggang tumatagal ang panahon.

Nakatingin sa hinampas na Kordero ng Diyos, na sumigaw ang mga Hudyo, "Mapasaamin ang Kaniyang dugo, at sa aming mga anak." Ang nakapangingilabot na sigaw na yaon ay pumailanlang hanggang sa luklukan ng Diyos. Ang hatol na yaon, na sila na rin ang naghatol sa kanilang sarili, ay isinulat sa langit. Ang dalanging yaon ay dininig. Ang dugo ng Anak ng Diyos ay napasa kanilang mga anak at sa mga anak ng kanilang mga anak, isang sumpang walang-hanggan.

Kakila-kilabot ang pagkatupad nito nang magiba ang Jerusalem. Kakila-kilabot na nakita ito sa kalagayan ng bansang Hudyo sa loob ng sanlibo't walondaang taon— isang sangang nahiwalay sa puno, isang patay, at walang bungang sanga, na titipunin at susunugin. Sa lahat ng lupain sa buong sanlibutan, at sa lahat ng panahon, sila'y patay, patay sa pagsalansang at mga pagkakasala!

Magiging kakila-kilabot ang pagkatupad ng panalanging yaon sa dakilang araw ng paghuhukom. Sa pagparitong muli sa lupa ni Kristo, ay makikita Siya ng mga tao na hindi na gaya ng isang bilanggong napaliligiran ng isang magulong karamihan. Makikita nila Siya bilang Hari ng kalangitan. Paririto si Kristo na nasa Kaniyang sariling kaluwalhatian, nasa kaluwalhatian ng Kaniyang Ama, at sa
[1080] kaluwalhatian ng mga banal na anghel. Sampung libong tigsasampung libo, at libu-libong mga anghel, ang naggagandahan at mapagtagumpay na mga anak ng Diyos, na nag-aangkin ng higit at higit na kariktan at kaluwalhatian, ang aabay sa Kaniya sa Kaniyang daan. Kung magkagayon ay uupo Siya sa luklukan ng Kaniyang kaluwalhatian, at sa harap Niya ay matitipon ang lahat ng mga bansa. Kung magkaga-yo'y makikita Siya ng lahat ng mata, at pati ng mga nangagsiulos sa Kaniya. Sa halip na isang putong na tinik, ay magsusuot Siya ng isang putong ng kaluwalhatian— isang putong sa loob ng

isang putong. Sa halip na lumang kulay-ubeng damit-hari, Siya'y mararamtan ng kasuutang putmg-puti, "na anupa't sinumang magpapaputi sa lupa ay hindi makapagpapaputi nang gayon." Marcos 9:3. At sa Kaniyang damit at sa Kaniyang bita ay may nakasulat na, "Hari ng mga hari, at Panginoon ng mga panginoon." Apoealipsis 19:16. Ang mga nanlibak at nagsihampas sa Kaniya ay mapaparoon. Muling makikita ng mga saserdote at mga pinuno ang tagpo sa bulwagan ng hukuman. Lahat ng pangyayari ay lilitaw sa harap nila, na para bagang nasusulat sa mga titik na apoy. Kung magkagayon yaong mga nagsipanalanging, "Mapasaamin ang Kaniyang dugo, at sa aming mga anak," ay tatanggap ng sagot sa kanilang panalangin. Saka naman malalaman at mauunawaan ng sanlibutan ang lahat. Kanilang mapagtatanto kung kanino at sa ano nakikipagbaka silang mga kaawa-awa, mahihina, at may-kamatayang mga kinapal. Sa kakila-kilabot na paghihirap at pagkasindak ay sisigaw sila sa mga bundok at sa mga bato, "Mahulog kayo sa amin, at kami'y inyong itago sa mukha Niyaong nakaupo sa luklukan, at sa galit ng Kordero: sapagka't dumating na ang dakilang araw ng Kaniyang kagalitan; at sino ang makatatayo?" Apocalipsis 6:16, 17. [1081]

## Kabanata 78—Ang Kalbaryo

Ang kabanatang ito ay batay sa Mateo 27:31-53; Marcos 15:20-38; Lukas 23:26-46; Juan 19:16-30.

“At nang sila’y dumating sa dakong tinatawag na Kalbaryo, ay kanilang ipinako Siya roon sa krus.” Lukas 23:33.

“Upang Kaniyang mapaging-banal ang bayan sa pamamagitan ng Kaniyang sariling dugo,” si Kristo “ay nagbata sa labas ng pintuan.” Hebreo 13:12. Dahil sa pagsalansang sa kautusan ng Diyos, ay pinaalis sa Eden sina Adan at Eba. Si Kristong ating kahalili, ay magbabata sa labas ng mga hangganan ng Jerusalem. Siya’y namatay sa labas ng pintuan, na doon pinatay ang mga matasamang-budhi at mga mamamatay-tao. Puno ng kahulugan ang mga salitang, “sa sumpa ng kautusan ay tinubos tayo ni Kristo, na naging sumpa sa ganang atin.” Galacia 3:13!

Isang malaking karamihan ang sumunod kay Jesus mula sa bulwagan ng hukuman hanggang sa Kalbaryo. Ang balitang Siya’y hinatulan ay kumalat sa buong Jerusalem, at lahat ng uri ng mga tao ay dumagsa sa dakong pagpapakuan. Ang mga saserdote at mga pinuno ay nagsisumpang hindi nila gagalawin ang mga sumusunod kay Kristo kung Siya’y mabigay na sa kanila, at kaya naman ang
[1082] mga alagad at mga nagsisisampalatayang buhat sa lunsod at mga
[1083] pook na nasa palibot ay nangakisama sa karamihang nagsisunod sa
Tagapagligtas.

Nang magdaan si Jesus sa pintuan ng hukuman ni Pilato, ang krus na inihanda para kay Barabas, ay ipinasan sa Kaniyang bugbog at duguang mga balikat. Dalawang kasama ni Barabas ang magdurusa ng kamatayang kasabay ni Jesus, at sa kanila’y ipinasan din naman ang mga krus. Ang pasan ng Tagapagligtas ay napaka-bigat sa Kaniyang mahina at hirap na kalagayan. Buhat nang hapunan ng Paskuwa na kasalo ng Kaniyang mga alagad ay hindi na Siya kumain ni uminom. Naghirap nang gayon na lamang ang Kaniyang loob sa halamanan ng Gethsemane sa pakikilaban Niya sa mga kampon ni

Satanas. Binata Niya ang sakit ng pagkakapagkanulo sa Kaniya, at nakita Niyang iniwan Siya ng Kaniyang mga alagad at sila'y nagsitakas. Dinala Siya kay Anas, saka kay Caifas, at pagkatapos ay kay Pilato. At buhat naman kay Pilato ay dinala Siya kay Herodes, saka muling ibinalik kay Pilato. Mula sa isang paghamak hanggang sa panibagong paghamak, at mula sa isang paglibak hanggang sa iba pang paglibak, Siya'y makalawang hinampas ng suplina—sa buong magdamag na yaon ay sunud-sunod ang mga pangyayaring susubok nang sultdulan sa kaluluwa ng tao. Gayunma'y hindi nagkulang si Kristo. Wala Siyang binigkas na anumang salita kundi yaon lamang makaluluwalhati sa Diyos. Sa buong kadusta-dustang paglilitis na ginawa sa Kaniya ay nakapanindigan Siya nang buong tibay at buong karangalan. Datapwa't nang pagkatapos na Siya'y hampasin nang makalawa at ipasan na sa Kaniya ang krus, ang likas ng taong sumasa Kaniya ay hindi na nakabata. Siya'y nalugmok na hinahabol ang hininga sa bigat ng Kaniyang pasan.

Nakita ng pulutong ng mga taong sumusunod sa Tagapagligtas ang mahina at pahapay-hapay Niyang mga paghakbang, nguni't [1084]
hindi man sila nagpamalas ng pagkahabag. Siya'y kanilang inuyam at nilait dahil sa hindi Niya madala ang mabigat na krus. Muling ipinasan sa Kaniya ang krus, at Siya ay muling nalugmok sa lupa na mahinang-mahina. Nakita ng mga nagsisiusig sa Kaniya na talagang hindi na Niya madadala pa ang Kaniyang pasan. Hindi nila malaman kung sino ang makapagdadala ng nakadudustang krus. Hindi naman ito madadala ng mga Hudyo, dahil sa sila'y marurumhan at makahahadlang ito sa kanila upang maingatan ang Paskuwa. Wala isa man sa magugulong karamihan na sumusunod sa Kaniya ang may ibig tumulong upang magpasan ng krus.

Nang sandaling ito, si Simon na taga-Cirene, na dumating buhat sa bukid, ay nakasalubong ng karamihan. Narinig niya ang mga pag-uyam at paglait ng pulutong; narinig niya ang paulit-ulit na mga paghamak na, Para-anin ninyo ang Hari ng mga Hudyo! Napahinto siya na nanggigilalas sa nakitang tagpo; at nang magpahayag siya ng pagkaawa, kanilang sinunggaban siya at ipinasan sa kaniyang mga balikat ang krus.

Nabalitaan na ni Simon si Jesus. Ang mga anak niya ay nagsisampalataya sa Tagapagligtas, nguni't siya naman ay hindi isang alagad. Ang pagpapasan niya ng krus hanggang sa Kalbaryo ay nag-

ing isang pagpapala kay Simon, at buhat na noon ay nagpasalamat siya sa ganitong itinalaga sa kaniya ng Diyos. Ito ang umakay sa kaniya upang siya na mismo ang pumili sa krus ni Kristo, at laging dalhin ito nang may kasayahan.

Hindi iilan ang mga babaeng kasama ng pulutong na nagsisunod sa Papataying Walang-hatol hanggang sa malupit na pagpatay sa Kaniya. Nakatuon kay Jesus ang kanilang pansin. Ang iba sa mga ito ay nakakita na sa Kaniya noong una. Ang iba naman ay nagdala
[1085] sa Kaniya ng kanilang mga maysakit at mga nahihirapan. Ang mga iba pa ay mga pinagaling naman. Pinag-uusapan ng mga ito ang mga pangyayaring naganap na. Pinagtatakhan nila ang pagkapoot ng mga tao sa Kaniya at ang kanilang mga puso ay nababagbag at halos mawindang na. At bagaman gayon na lamang ang inaasal ng hibang-sa-galit na mga tao, at sa kabila ng mga galit na pagsasalita ng mga saserdote at mga pinuno, ay nangagpahayag din ng kanilang pagkaawa at pakikiramay ang mga babaeng lto. At nang malugmok na si Jesus na nadaganan ng krus, ay napahiyaw sila ng panaghoy.

Ito lamang ang tumawag ng pansin ni Kristo. Bagama't nagbabata Siya nang labis at labis, samantalang dinadala Niya ang mga kasalanan ng sanlibutan, ay hindi naman Niya ipinagwalang-bahala ang nakalulunos nilang pananambitan. Tiningnan Niya ang mga babaeng ito nang may magiliw na pagkahabag. Sila'y hindi mga sumasampalataya sa Kaniya; talastas Niyang hindi sila nagsisitangis nang dahil sa Siya'y Isang isinugo ng Diyos, kundi sila'y naudyukan lamang ng damdaming makatao. Hindi Niya hinamak o niwalang-kabuluhan ang kanilang pakikiramay, nguni't nakapukaw ito sa Kaniyang puso ng lalong matinding pagkahabag sa kanila. "Mga anak na babae ng Jerusalem," wika Niya, "huwag ninyo Akong tangisan, kundi tangisan ninyo ang inyong mga sarili, at ang inyong mga anak." Buhat sa tanawing nasa harap Niya, ay natanawan ni Kristo ang panahon ng pagkawasak ng Jerusalem. Sa kakila-kilabot na tanawing yaon, marami sa mga nagsisitangis ngayon sa Kaniya ang mangapapahamak na kasama ng kanilang mga anak.

Buhat sa pagbagsak ng Jerusalem ay dumako ang isipan ni Jesus sa lalong malaking paghatol. Sa pagkawasak ng di-nagsisising lungsod ay nakita Niya ang isang sagisag ng kahuli-hulihang pagkawasak na darating sa sanlibutan. Sinabi Niya, "Kung magkagayon ay mag-
[1086] papasimulang sabihin nila sa mga bundok, Mangahulog kayo sa

ibabaw namin; at sa mga burol, Takpan ninyo kami. Sapagka't kung ginagawa ang mga bagay na ito sa punungkahoy na sariwa, ano kaya ang gagawin sa tuyo?" Ang sariwang punungkahoy ay kamakatawan kay Jesus, ang walang-salang Manunubos. Tiniis ng Diyos na ang Kaniyang galit sa kasalanan ay mahulog sa Kaniyang minamahal na Anak. Si Jesus ay ipapako sa krus dahil sa mga kasalanan ng mga tao. Anong hirap nga, kung gayon, ang titiisin ng makasalanang nagpapatuloy sa pagkakasala? Doon malalaman ng lahat ng di-nagsisi at di-sumampalataya ang kalungkutan at kahirapang hindi kayang maipahayag ng tao.

Tungkol sa karamihang nagsisunod sa Tagapagligtas hanggang sa Kalbaryo, marami rito ang nagsiabay sa Kaniya na nagsisiawit ng masayang hosana at nagsipagwasiwas ng mga sanga ng palma nang Siya'y matagumpay na pumasok sa Jerusalem. Nguni't hindi iilan sa mga nagsihiyaw ng pagpuri sa Kaniya noon, dahil sa iyon ang popular na gawin noon, ang ngayon ay nag-uumugong sa pagsigaw ng "Tpako Siya sa krus, ipako Siya sa krus!" Nang si Kristo'y pumasok sa Jerusalem na nakasakay sa isang asno, ay umabot sa karurukan ang pag-asa ng mga alagad. Nagsiksikan sila sa palibot ng kanilang Panginoon, sapagka't nadarama nilang isang malaking karangalan ang maging kasama Niya. Ngayong Siya'y dinudusta ay sumusunod sila sa Kaniya nang malayo. Lipos sila ng kadalamhatian, at nangakayuko sa pagkabigo ng kanilang mga pag-asa. Gaano nga napatunayan ang mga salita ni Jesus na: "Kayong lahat ay mangagdaramdam sa Akin sa gabing ito: sapagka't nasusulat, Sasaktan Ko ang pastor, at mangangalat ang mga tupa ng kawan." Mateo 26:31.

Pagsapit ng mga bilanggo sa dakong patayan, iginapos na sila sa krus na pahirapan. Nakipaglaban ang dalawang tulisan sa mga gumagapos sa kanila sa krus; nguni't si Jesus ay hindi nanlaban. [1087]
Ang ina ni Jesus, na inaalalayan ni Juan na minamahal na alagad, ay sumunod sa kaniyang Anak hanggang sa Kalbaryo. Nakita nitong Siya'y nalugmok na nadaganan ng mabigat na krus, at ninais na sana'y masapupo man lamang ng kamay nito ang Kaniyang sugatang ulo, at mahilamusan ang noong yaon na minsa'y umunan sa kaniyang kandungan. Nguni't hindi itinulot na gawin niya ang malungkot na karapatang ito. Katulad ng mga alagad ay umaasa pa rin siya na magpapamalas si Jesus ng Kaniyang kapangyarihan,

at ililigtas ang Kaniyang sarili sa Kaniyang mga kaaway. Muling nanlumo ang kaniyang puso nang maalaala niya ang mga salitang ipinagpauna nang sinabi Niya tungkol sa mga bagay na nangyayari na ngayon. Nang iginagapos na ang mga magnanakaw sa krus, ay nakatingin siyang sumisikdo ang dibdib. Siya kaya na bumuhay sa mga patay ay magtitiis na mapako sa krus? Itutulot kaya ng Anak ng Diyos na Siya ay buong kalupitang patayin nang pagayon? At ang pananampalataya ba naman niya na si Jesus ay siyang Mesiyas ay iiwan na niya? Dapat ba niyang panoorin ang Kaniyang pagkadusta at pagkalungkot, nang hindi man lamang nagkakaroon ng karapatang Siya'y mapaglingkuran sa Kaniyang paghihirap? Nakita niyang ang Kaniyang mga kamay ay iniunat sa krus; kinuha ang martilyo at ang mga pako, at nang pinababaon na ang mga pako sa malambot na kalamnan ng mga kamay, ay hindi natiis na saksihan ng mga alagad na windang ang puso ang malupit na larawan ng nawawalanng-ulirat na ina ni Jesus.

Hindi kinaringgan ng anumang pagdaing ang Tagapagligtas. Natiling payapa at mahinahon ang Kaniyang mukha, nguni't namuo sa Kaniyang noo ang malalaking patak ng pawls. Walang maawaing kamay na pumahid ng pawis ng kamatayan sa Kaniyang mukha, ni
[1088] wala ring mga salita ng pakikiramay at ng di-nagbabagong pagtatapat na sukat magpatibay sa Kaniyang pusong-tao. Samantalang ginagawa ng mga kawal ang kanilang kakila-kilabot na gawain, ay idinalangin naman ni Jesus ang Kaniyang mga kaaway, "Ama, patawarin Mo sila; sapagka't hindi nila nalalaman ang kanilang ginagawa." Naparam sa Kaniyang isip ang sarili Niyang paghihirap at napatuon sa kasalanan ng mga nagsisiusig sa Kaniya, at sa kakilakilabot na parusang sasapit sa kanila. Wala Siyang binigkas na mga panunungayaw o mga pagsumpa sa mga kawal na gumagawa ng karahasan sa Kaniya. Wala Siyang ibinantang paghihiganti sa mga saserdote at mga pinuno, na lubhang nagsasaya dahil sa pagkatupad ng kanilang nilalayon. Kinaawaan sila ni Kristo sa kanilang di-pagkaalam at pagkakasala. Sumambit lamang Siya ng isang pamanhik na sila'y patawarin—"sapagka't hindi nila nalalaman ang kanilang ginagawa."

Kung nalalaman lamang nila na ang kanilang pinahihirapan ay Isa na naparito upang iligtas sa walang-hanggang pagkapahamak ang nagkasalang sangkatauhan, disin sana'y sinidlan sila ng pag-

dadalang-sisi at panghihilakbot. Nguni't ang kanilang di-pagkaalam ay hindi pumawi ng kanilang pagkakasala; sapagka't karapatan nila na kilalanin at tanggapin si Jesus bilang kanilang Tagapagligtas. Makikita pa ng ilan sa kanila ang kanilang pagkakasala, at magsisisi, at mangahihikayat. Ang iba naman dahil sa kanilang di-pagsisisi ay hindi matutupad ang panalangin ni Kristo para sa kanila. Gayon pa man, umaabot na rin sa pagkatupad ang panukala ng Diyos. Tinatamo na ni Jesus ang karapatan na maging tagapamagitan ng mga tao sa harapan ng Ama.

Ang panalanging yaon ni Kristo para sa Kaniyang mga kaaway ay sumasaklaw sa buong sanlibutan. Sakop nito ang bawa't makasalanang nabuhay na at mabubuhay pa, buhat sa kapasi-pasimulaan ng sanlibutan hanggang sa wakas ng panahon. Sa lahat ay
nakapataw ang kasalanan na pagpapako sa Anak ng Diyos. Sa lahat [1089]
ay iniaalok nang walang-bayad ang kapatawaran. "Sinumang may ibig" ay makapagtatamo ng kapayapaan sa Diyos, at magma-mana ng buhay na walang-hanggan.

Karaka-rakang si Jesus ay naipako sa krus, ito ay binuhat ng malalakas na lalaki, at napakarahas na isinaksak sa hukay na inihanda para dito. Ito'y nagdulot ng napakatinding sakit sa Anak ng Diyos. Pagkatapos ay tumitik si Pilato ng isang inskripsiyon sa wikang Hebreo, Griyego, at Latin, at ito'y inilagay sa itaas ng krus, sa ulunan ni Jesus. Ito ang nababasa, "Jesus na taga-Nazareth ang Hari ng mga Hudyo." Ang inskripsiyong ito ay ikinayamot ng mga Hudyo. Sa hukuman ni Pilato ay sila'y nagsigawang, "Ipako Siya sa krus." "Wala kaming hari kundi si Cesar." Juan 19:15. Ipinahayag nilang sinumang kikilala sa ibang hari ay isang taksil. Isinulat ni Pilato ang damdaming kanilang ipinahayag. Walang masamang binanggit, liban sa si Jesus ay Hari ng mga Hudyo. Ang inskripsiyon ay isang tunay na pagkilala ng pagkatig ng mga Hudyo sa kapangyarihan ng Roma. Ipinahayag nitong sinumang aangking siya ay Hari ng Israel ay hahatulang karapat-dapat sa kamatayan. Dinaya ng mga saserdote ang kanila ring mga sarili. Nang binabalak pa lamang nilang patayin si Kristo, ay ipinahayag ni Caifas na kailangang mamatay ang isang tao upang maligtas ang bansa. Ngayo'y nalantad ang kanilang pagpapaimbabaw. Upang maipahamak lamang si Kristo, ay naging handa silang isakripisyo maging ang kanilang pagiging-bansa.

Nakita ng mga saserdote kung ano ang nagawa nila, at hiniling nila kay Pilato na baguhin ang itinitik. Sinabi nila, "Huwag mong isulat, Ang Hari ng mga Hudyo; kundi ang Kaniyang sinabi, Hari Ako ng mga Hudyo." Nguni't galit si Pilato sa kaniyang sarili dahil sa kaniyang unang pagkukulang at kahinaan, at kaya nga lubos
[1090] niyang hinamak ang mainggitin at magdarayang mga saserdote at mga pinuno. Malamig ang sagot niya, "Ang naisulat ko ay naisulat ko."

Isang kapangyarihang lalong mataas kaysa Pilato o sa mga Hudyo ang nag-atas na ilagay ang inskripsiyong yaon sa ulunan ni Jesus. Sa pamamatnubay ng Diyos ay ito ang pupukaw sa pag-iisip, at sa pagsisiyasat ng mga Kasulatan. Ang pook na pinagpakuan kay Kristo ay malapit sa lungsod. Libu-libong mga tao na buhat sa lahat ng mga bansa ang nasa Jerusalem noon, at ang inskripsiyong nagsasabing si Jesus na taga-Nazareth ay siyang Mesiyas ay mapapansin nila. Iyon ay isang buhay na katotohanan, na itinitik ng isang kamay na pinatnubayan ng Diyos.

Sa mga paghihirap ni Kristo doon sa krus ay natupad ang hula. Mga dantaon pa bago nangyari ang pagpapako sa krus, ay sinabi nang pauna ng Tagapagligtas ang pakikitungong gagawin sa Kaniya ng mga tao. Sinabi Niya, "Niligid Ako ng mga aso: kinulong Ako ng pulutong ng mga manggagawa ng masama: binutasan nila ang Aking mga kamay at ang Aking mga paa. Aking maisasaysay ang lahat ng Aking mga buto: kanilang minamasdan at pinapansin Ako. Hinapak nila ang Aking mga kasuutan sa gitna nila, at kanilang pinagsapalaran ang Aking kasuutan." Awit 22:16-18. Ang hula tungkol sa Kaniyang mga damit ay isinagawa nang hindi na pinagusapan pa o pinakialaman man ng mga kaibigan o ng mga kaaway ng Isang Ipinako. Ang Kaniyang damit ay ibinigay sa mga kawal na naglagay sa Kaniya sa krus. Narinig ni Kristo ang pagtatalo ng mga tao habang pinag-hahati-hatian nila ang mga damit. Ang Kaniyang tunika ay hinabi nang buung-buo at walang-dugtong o walangtahi, at sinabi nila, "Huwag natin itong punitin, kundi ating pagsapalaranan, kung mapapakanino."

Sa isa pang hula ay sinabi ng Tagapagligtas, "Kaduwahagihan
[1091] ay sumira ng Aking puso; at Ako'y lipos ng kabigatan ng loob: at Ako'y naghintay na may maawa sa Akin, nguni't wala; at ng mga mang-aaliw, nguni't wala Akong nasumpungan. Binigyan din

naman nila Ako ng pagkaing mapait, at sa Aking kauhawan ay binigyan nila Ako ng suka na mainom." Awit 69:20, 21. Ang mga nagdurusa ng kamatayan sa krus ay pinahihintulutang mabigyan ng nagpapamanhid na inumin, upang patayin ang pagkadama ng kirot o sakit. Ito ay inialok kay Jesus; nguni't nang Kaniyang matikman, ay tinanggihan Niya. Hindi Niya nais ang anumang magpapalabo ng Kaniyang pag-iisip. Ang Kaniyang pananampalataya ay dapat manatiling nanghahawak nang buong tibay sa Diyos. Ito lamang ang Kaniyang lakas. Kung lalabo ang Kaniyang diwa ay magkakaroon ng kalamangan si Satanas.

Habang si Jesus ay nakabayubay sa krus ay ibinuhos ng Kaniyang mga kaaway ang kanilang galit sa Kaniya. Nakisama ang mga saserdote, mga pinuno, at ang mga eskriba sa pulutong ng masasama't magugulong mga tao sa paglibak sa pumapanaw na Tagapagligtas. Noong bautismuhan at noong magbagong-anyo si Jesus ay narinig ang tinig ng Diyos na nagpapahayag na si Kristo ay Kaniyang Anak. At noong bago Siya ipagkanulo, ay muling nagsalita ang Ama, na nagpapatotoo sa Kaniyang pagka-Diyos. Nguni't ngayon ay tahimik ang tinig ng langit. Walang narinig na patotoong panig kay Kristo. Nag-iisa Siyang nagbata ng pagmamalabis at panlilibak ng mga masasamang tao.

"Kung Ikaw ay Anak ng Diyos," sabi nila, "ay bumaba Ka sa krus." "Iligtas Niya ang Kaniyang sarili, kung Siya ang Kristo, ang hinirang ng Diyos." Sa ilang ng tukso ay sinabi ni Satanas, "Kung Ikaw ang Anak ng Diyos, ay ipagutos Mo na ang mga batong ito ay maging mga tinapay." "Kung Ikaw ang Anak ng Diyos, ay magpatihulog Ka" mula sa taluktok ng templo. Mateo 4:3, 6. At si Satanas
kasama ang kaniyang mga anghel, na nasa anyong tao, ay naroon sa [1092]
krus. Ang punong-kaaway at ang kaniyang mga hukbo ay nakikipagtulungan sa mga saserdote at mga pinuno. Ang mga tagapagturo ng mga tao ay siyang nag-uudyok sa mga walang-alam na pulutong upang igawad ang hatol laban sa Isa na hindi man lamang nakita ng marami sa kanila, kundi noong atasan na lamang sila na magpatotoo laban sa Kaniya. Sama-samang nagbuklod sa maka-Satanas na kabangisan ang mga saserdote, mga pinuno, mga Pariseo, at ang mg pusakal na masasamang tao. Nakipagkaisa ang mga pinuno ng relihiyon kay Satanas sa kaniyang mga anghel. Ginagawa nila ang kaniyang iniuutos.

Narinig ni Jesus, na noon ay naghihirap at malapit nang pumanaw, ang bawa't salita nang sabihin ng mga saserdote na, "Nagligtas Siya sa mga iba; sa Kaniyang sarili ay hindi makapagligtas. Bumaba ngayon mula sa krus ang Kristo, ang Hari ng Israel, upang aming makita at sampalatayanan." Magagawa ni Kristo na bumaba sa krus. Nguni't kaya hindi Niya iniligtas ang Kaniyang sarili ay upang ang taong makasalanan ay magkaroon ng pag-asang siya'y patawarin at lingapin ng Diyos.

Sa paglibak nila sa Tagapagligtas, ang mga nagpapanggap na ito na tagapagpaliwanag ng hula ay siya na ring umulit sa mga salita ng Kasulatan na pauna na nitong sinabi na bibigkasin nila sa pagkakataong ito. Nguni't sa kanilang pagbubulag-bulagan ay hindi nila nakitang tinutupad nila ang hula. Yaong sa paghamak ay nagsibigkas ng mga salitang, "Nananalig Siya sa Diyos; iligtas Niya Siya ngayon, kung Siya'y iniibig: sapagka't sinabi Niya, Ako'y Anak ng Diyos," ay bahagya ma'y di-naka-pag-isip na ang kanilang sinabi ay maririnig sa lahat ng mga panahon. Subali't bagaman ito'y sinalita sa panlilibak, ay inakay ng mga salitang ito ang mga tao na magsaliksik ng mga Kasulatan na gaya ng di-kailanman nila
[1093] nagagawa nang una. Narinig ito ng mga pantas na tao, at sila'y nagsaliksik, nag-isip, at nanalangin. Mayroong mga di-kailanman huminto hanggang sa makita nila ang kahulugan ng misyon ni Kristo, sa pamamagitan ng paghahambing ng talata sa talata. Di-kailanman nagkaroon nang una ng gayong malaganap na pagkakilala kay Jesus na di gaya nang Siya'y nakabayubay sa krus. Sa puso ng maraming nakasaksi sa pagpapako kay Kristo sa krus, at sa mga nakarinig sa mga salita ni Kristo, ay lumiliwanag ang ilaw ng katotohanan.

Nang si Jesus ay naghihirap sa krus ay may isang sinag ng kaaliwang dumating sa Kaniya. Iyon ay ang panalangin ng nagsisising magnanakaw. Ang dalawang lalaking napakong kasama ni Jesus ay kapwa nangungutya sa Kaniya nang pasimula; at ang isa sa kaniyang paghi-hirap ay naging lalong desperado at mapanlaban. Nguni't hindi nagkagayon ang kasama nito. Ang lalaking ito ay hindi isang pusakal na kriminal; nailigaw ito ng landas ng masasamang kasama, nguni't hindi ito gasinong makasalanan na di gaya ng maraming nangakatayo sa tabi ng krus na nagsisilait sa Tagapagligtas. Nakita nito at narinig si Jesus, at ito'y nasumbatan ng Kaniyang pangangaral, nguni't ito'y pinalayo sa Kaniya

ng mga saserdote at mga pinuno. Sa paghahangad nitong inisin ang tumutubong paniniwala, ay nagpakagumon ito nang nagpakagumon sa pagkakasala, hanggang sa ito ay madakip nilitis na gaya ng isang kriminal, at hinatulang mamatay sa krus. Sa bulwagan ng hukuman at hanggang sa daang patungo sa Kalbaryo ay naging kasama-sama ito ni Jesus. Narinig nito ang ipinahayag ni Pilatong, "Wala akong masumpungang anumang kasalanan sa Kaniya." Juan 19:4. Napansin nito ang Kaniyang banal at maka-Diyos na kaanyuan, at ang Kaniyang nahahabag na pagpapatawad sa mga nagpapahirap sa Kaniya. Doon sa krus ay nakita nito ang maraming tanyag na relihiyosong naglalabas ng kanilang mga dila sa paghamak at paglibak sa Panginoong Jesus. Nakita nito ang tatangu-tangong [1094]
mga ulo. Narinig nito ang nanlilibak na pangungusap ng kasama niya sa pagkakasala: "Kung Ikaw ang Kristo, iligtas Mo ang Iyong sarili at kami." Sa mga nangagdaraan ay narinig nito ang maraming nagtatanggol kay Jesus. Narinig nito na inuulit nilang sabihin ang Kaniyang mga salita, at isinasalaysay ang tungkol sa Kaniyang mga ginawa. Nanumbalik dito ang tumubong paniniwala na ito nga ang Kristo. Binalingan nito ang kaniyang kasamang kriminal at nagwika, "Hindi ka pa baga natatakot sa Diyos, yamang ikaw ay nasa gayunding kaparusahan?" Ang dalawang magnanakaw ay wala nang ikatatakot pa sa mga tao. Nguni't sa isa sa mga ito ay umuukil-kil ang paniniwala na may isang Diyos na dapat katakutan, isang hinaharap na nagdudulot dito ng panginginig. At ngayon, ang buhay nitong batbat ng kasalanan, ay malapit nang magwakas. "At tayo sa katotohanan ay ayon sa katwiran," taghoy nito, "sapagka't ang Taong ito'y hindi gumagawa ng anumang masama."

Wala nang katanungan ngayon. Wala nang mga alinlangan, wala nang mga pangungutya. Nang mahatulan ang magnanakaw sa kaniyang pagkakasala, siya'y nawalan ng pag-asa at nanlumo; nguni't ngayo'y may sumupling na kakaiba't maiinam na isipan. Ginunita niya ang lahat ng nabalitaan niya tungkol kay Jesus, kung paanong pinagaling Niya ang mga maysakit at pinatawad ang kasalanan. Napakinggan niya ang mga salita ng mga nagsisisampalataya kay Jesus at tumatangis na nangag-sisunod sa Kaniya. Nakita niya at nabasa ang nakasulat sa ulunan ng Tagapagligtas. Napakinggan niyang inu-ulit-ulit ito ng mga nangagdaraan, na ang ilan ay may pagkahapis, at ang iba nama'y may panunudyo at panlilibak.

Niliwanagan ng Espiritu Santo ang kaniyang pag-iisip, at unti-unting nagkaugnay na magkakasama ang tanikala ng mga katunayan. Kay
[1095] Jesus, na sugatan, nililibak, at nakabayubay sa krus, ay nakita niya ang Kordero ng Diyos, na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan. Ang pag-asa'y nalangkapan ng dalamhati sa kaniyang tinig nang ilagak ng pumapanaw nang kaluluwa ang kaniyang sarili sa pumapanaw na ring Tagapagligtas. "Panginoon, alalahanin Mo ako," sigaw niya, "pagdating Mo sa Iyong kaharian."

Kagyat na bumalik ang kasagutan. Marahan at mainam ang himig, puno ng pag-ibig, habag, at kapangya-rihan ang mga salitang: "Katotohanang sinasabi Ko sa iyo ngayon, Ikaw ay kakasamahin Ko sa Paraiso."

Sa mahabang oras ng paghihirap, ay dumating sa pandinig ni Jesus ang mga pag-upasala at paglibak ng mga tao. Sa Kaniyang pagkakabayubay sa krus, ay umabot pa rin sa Kaniya ang ugong ng mga pagkutya at mga panunungayaw. Sabik na sabik ang Kaniyang pusong makarinig sa Kaniyang mga alagad ng pagpapahayag ng pananampalataya nila sa Kaniya. Nguni't ang narinig lamang Niya ay mga salitang naghihimutok, "Inasahan naming Siya ang tutubos sa Israel." Kaylaki ngang pasasalamat ng Tagapagligtas nang Kaniyang mapakinggan ang binigkas na pananampalataya at pag-ibig ng pumapanaw nang magnanakaw! Samantalang itinatatwa Siya ng mga pinunong Hudyo, at maging ang mga alagad Niya ay nagaalinlangan sa Kaniyang pagka-Diyos, ang abang magnanakaw naman, na nasa bingit na sa kamatayan, ay tinawag si Jesus na Panginoon. Marami ang handang tumawag sa Kaniya ng Panginoon nang gumawa Siya ng mga kababalaghan, at pagkatapos na Siya'y magbangon mula sa libingan; subali't walang kumilala sa Kaniya nang Siya'y nakabayubay sa krus at malapit nang bawian ng buhay kundi ang nagsisising magnanakaw na naligtas sa kahuli-hulihang sandali.

Narinig ng nangakatayong nanonood ang mga salita ng mag-
[1096] nanakaw nang tawagin nitong Panginoon si Jesus. Ang himig ng tinig ng nagsisising tao ay tumawag ng kanilang pansin. Ang mga nasa paanan ng krus na nangag-tatalu-talo sa mga damit ni Kristo, at nangagsasapalaran kung mapapakanino ang mga ito, ay nangapatigil upang makinig. Ang kanilang pagkakagalit ay napahinto. Halos

hindi sila humihingang sila'y nangapatingin kay Kristo, at hinintay nila ang isasagot ng naghihingalong mga labi.

Nang bigkasin na Niya ang mga salita ng pangako, ang maiitim na ulap na waring nakalukob sa krus ay biglang hinawi ng isang matalim at matinding liwanag. Dumating sa nagsisising magnanakaw ang sakdal na kapayapaan ng pagtanggap ng Diyos. Si Kristo ay naluwalhati sa pagkakadusta sa Kaniya. Siya na sa tingin ng lahat ng ibang mga mata ay nagapi ay siya ngayong Mananagumpay. Siya ay kinilalang Tagapagdala ng kasalanan. Maaaring magkaroon ng kapangyarihan ang tao sa Kaniyang katawang laman. Maaari nilang sugatan ang banal Niyang ulo ng putong o koronang may mga tinik. Maaari nilang hubdan Siya ng Kaniyang damit, at pagkagalitan ang paghahati-hati nito. Nguni't hindi nila maaagaw sa Kaniya ang kapangyarihan Niyang magpatawad ng mga kasalanan. Sa Kaniyang pagkamatay ay pinatu-tunayan Niya ang Kaniyang pagka-Diyos at ang kaluwalhatian ng Ama. Hindi paking ang Kaniyang tainga upang hindi makarinig, ni hindi umigsi ang Kaniyang kamay upang hindi ito makapagligtas. Makahari Niyang karapatan na iligtas na lubos ang lahat ng mga lumalapit sa Diyos sa pamamagitan Niya.

Sinasabi Ko sa iyo ngayon, ikaw ay kakasamahin Ko sa Paraiso. Hindi nangako si Kristo sa magnanakaw na makakasama Niya ito sa Paraiso sa araw na iyon. Siya mismo ay hindi nagtungo sa Paraiso nang araw na iyon. Natulog Siya sa libingan, at nang umaga ng Kaniyang pagkabuhay na mag-uli ay sinabi Niya, "Hindi pa Ako nakakaakyat sa Aking Ama." Juan 20:17. Nguni't nang araw na Siya [1097]
ay ipako sa krus, na tila mandin araw ng kadiliman at pagkagapi, ay ibinigay Niya ang pangako. "Ngayon" samantalang naghihingalo na sa krus ang magnanakaw, ay nangangako si Kristo sa abang makasalanan, Ikaw ay kakasamahin Ko sa Paraiso.

Ang mga magnanakaw na ipinakong kasama ni Jesus sa krus ay inilagay na "isa sa bawa't panig, at si Jesus ay sa gitna." Ito'y ginawa ayon sa tagubilin ng mga saserdote at mga pinuno. Ang kalagayan ni Kristo sa gitna ng dalawang magnanakaw ay upang ipakilalang Siya ang pinakadakilang kriminal sa tatlo. Sa ganyan natupad ang kasulatan, "Siya'y ibinilang na kasama ng mga mananalansang." Isaias 53:12. Nguni't hindi nakita ng mga saserdote ang buong kahulugan ng kanilang ginawa. Kung paanong si Jesus,

ay ipinakong kasama ng mga magna-nakaw at inilagay "sa gitna," gayundin inilagay ang Kaniyang krus sa gitna ng isang sanlibutang nagugutom sa kasalanan. At ang mga salita ng pagpapatawad na sinabi sa nagsisising magnanakaw ay nagsindi ng isang ilaw na magliliwanag hanggang sa kahuli-hulihang mga hangganan ng lupa.

May panggigilalas na nakita ng mga anghel ang dimatingkalang pag-ibig ni Jesus, na bagama't nagbabata ng matinding hirap ng isip at katawan, ay inalaala pa rin ang mga iba, at pinalakas ang loob ng nagsisising kaluluwa upang sumampalataya. Sa Kaniyang kadustaan Siya bilang isang propeta ay nagsalita sa mga anak na babae ng Jerusalem; bilang saserdote at tagapamagitan ay namanhik Siya sa Ama na patawarin ang mga pumapatay sa Kaniya; bilang isang mapagmahal na Tagapagligtas ay pinatawad Niya ang mga kasalanan ng nagsi-sising magnanakaw.

Nang igala ni Jesus ang paningin Niya sa karamihang nakapalibot sa Kaniya, isang anyo ang nakatawag ng Kaniyang pansin. Sa
[1098] paanan ng krus ay nakatayo ang Kaniyang ina, na inaalalayan ng alagad na si Juan. Hindi nito matiis na mapahiwalay sa kaniyang Anak; at palibhasa'y talastas ni Juan na malapit na ang wakas, ay inilapit ito sa krus. Sa sandali ng Kaniyang kamatayan, naalaala ni Kristo ang Kniyang ina. Pagkasulyap Niya sa namimighating mukha nito at pagkatapos ay kay Juan, ay sinabi Niya rito, "Babae, narito ang iyong anak!" at kay Juan, "Narito ang iyong ina!" Naunawaan ni Juan ang mga salita ni Kristo, at tinanggap niya ang ipinagkatiwala. Karaka-rakang ipinagsama niya si Maria sa kaniyang tahanan, at buhat sa oras na iyon ay buong pagmamahal niya itong kinalinga. Oh mahabagin at maibiging Tagapagligtas; sa gitna ng lahat Niyang tinitiis na hirap ng katawan at ng pag-iisip, naalaala pa rin Niya ang Kaniyang ina! Wala Siyang salaping maipagpapaginhawa sa buhay nito; nguni't Siya'y nakadambana sa puso ni Juan, at kaya nga ibinigay Niya ang Kaniyang ina sa kaniya bilang isang mahalagang pamana. Sa ganyang paraan ibinigay Niya rito ang kailangang-kailangan nito—ang matimyas na pagmamahal ng isang umiibig dito sapagka't iniibig nito si Jesus. At nang ito'y tanggapin ni Juan bilang isang banal na ipinagkatiwala, ay tumanggap si Juan ng isang dakilang pagpapala. Si Maria ay naging laging tagapagpaalaala kay Juan ng kaniyang minamahal na Panginoon.

Ang sakdal na halimbawa ng pagmamahal ni Kristo sa magulang ay nagliliwanag nang buong ningning sa dilim ng mga panahon. Sa loob halos ng tatlumpung taon ay tumulong si Jesus na magdala ng mga pasanin sa tahanan sa pamamagitan ng araw-araw Niyang paggawa. At ngayon, maging sa oras ng huli Niyang paghihirap, ay nagunita Niyang paglaanan ng kailangan nito ang nalulumbay at balo Niyang ina. Ang ganito ring diwa ay makikita sa bawa't alagad ng ating Panginoon. Madarama ng mga sumusunod kay Kristo na isang bahagi ng kanilang relihiyon na igalang at paglaanan ng mga [1099]
kinakailangan ang kanilang mga magulang. Buhat sa pusong pinamamahayan ng Kaniyang pag-ibig, ang ama at ina ay di-kailanman magkukulang sa pagtanggap ng maalalahaning pag-aasikaso at ng magiliw na pagkakalinga.

At ngayo'y pumapanaw na ang Panginoon ng kaluwalhatian, na isang panubos sa sangkatauhan. Sa pagbibigay ni Kristo ng mahalaga Niyang buhay ay hindi Siya inalalayan ng matagumpay na kagalakan. Lahat ay mapaniil na kadiliman. Hindi takot sa kamatayan ang mabigat sa Kaniya. Hindi kirot at kadustaan ng krus ang nagdulot sa Kaniya ng di-mabigkas na paghihirap. Si Kristo ang prinsipe ng mga nagbabata; nguni't ang Kaniyang paghihirap ay bunga ng pagkadama Niya sa kasamaan ng kasalanan, ng pagkakilala Niya na dahil sa ang tao ay namihasa na sa kasamaan, ay hindi na nito makita ang kalakhan ng kasamaan nito. Nakita ni Kristo kung gaano na kahigpit ang pagkakasaklot ng kasalanan sa puso ng tao, at kung paanong iilan na lamang ang magiging handang magwala sa kapangyarihan nito. Batid Niyang kung hindi tutulong ang Diyos, ang sangkatauhan ay mapapahamak, at nakita Niyang marami ang nangapapahamak bagama't maaabot ng masaganang tulong.

Kay Kristo na ating kahalili at tagapanagot ay ipinasan ang kasalanan nating lahat. Ibinilang Siyang isang mananalansang, upang matubos Niya tayo sa hatol ng kautusan. Dumadagan sa Kaniyang puso ang bigat ng kasalanan ng bawa't anak ni Adan. Ang galit ng Diyos sa kasalanan, at ang kakila-kilabot na pagpapakita Niya ng di-pagkalugod dahil sa katampalasanan, ay nakaligalig na lubos sa kaluluwa ng Kaniyang Anak. Sa buong buhay ni Kristo ay itinanyag Niya sa sanlibutang nagkasala ang mabubuting balita ng kahabagan at ng nagpapatawad na pag-ibig ng Ama. Kaligtasan [1100]
sa pangulo ng mga maleasalanan ang Kaniyang paksa. Subali't

ngayon sa kakila-kilabot na bigat ng kasalanang Kaniyang pinapasan, ay hindi Niya makita ang nakikipagkasundong mukha ng Ama. Ang pagkakakubli sa Tagapagligtas ng mukha ng Diyos sa oras na ito ng matinding paghihirap ay tumimo sa Kaniyang puso na may taglay na kalung-kutang di-kailanman lubusang mauunawaan ng tao. Gayon na lamang kalaki ang paghihirap na ito na anupa't bahagya na Niyang naramdaman ang kirot o sakit sa Kaniyang katawan.

Winalat ng mababangis na tukso ni Satanas ang puso ni Jesus. Ang paningin ng Tagapagligtas ay hindi makapaglagos sa mga pintuan ng libingan. Hindi Niya ma-asahang Siya ay babangon sa libingan na isang manana-gumpay, ni hindi rin Niya maasahang tatanggapin ng Ama ang Kaniyang sakripisyo. Nangamba Siya na dahil sa ang kasalanan ay lubhang kinapopootan ng Diyos ay baka maging panghabang-panahon na ang kanilang paghihiwalay. Naramdaman ni Kristo ang matinding hirap ng loob na siyang mararamdaman ng makasalanan kung wala nang habag ng Diyos na mamamanhik sa nagkasalang sangkatauhan. Ang pagkadamang ito sa kasalanan, na ikinagalit ng Ama sa Kaniya bilang kahalili Siya ng tao, ang nagpapait sa sarong ininom Niya, at nagwasak sa puso ng Anak ng Diyos.

May panggigilalas na nasaksihan ng mga anghel ang nakapanlulumong paghihirap ng Tagapagligtas. Tinakpan ng mga anghel sa langit ang kanilang mga mukha upang huwag makita ang kakila-kilabot na tanawin. Nagpahayag ng pakikiramay ang katalagahan sa hinamak at pumapanaw nang Maygawa sa kanila. Nagkubli ang araw upang hindi makita ang nakatatakot na panoorin. Kasalukuyang nagsasabog ito ng matitinding sinag na lumiliwanag sa buong lupa
[1101] sa katanghaliang-tapat, nang biglang-bigla na lamang itong parang naparam. Ganap na kadilimang tulad ng luksang libing ang lumukob sa krus. "Nagdilim sa ibabaw ng buong lupa hanggang sa oras na ikasiyam." Wala namang eklipse o ibang katutubong sanhi upang magdilim nang gayon, na kasindilim ng hating-gabing walang buwan o mga bituin. Iyon ang kahima-himalang patotoo ng Diyos na Kaniyang ibinigay upang mapatibay ang pananampalataya ng mga salin-ng-lahing susunod.

Sa makapal na kadilimang yaon ay napakubli ang pakikiharap ng Diyos. Ginagawa Niyang kulandong ang kadiliman, at ikinukubli

Niya ang Kaniyang kaluwalhatian sa mga mata ng mga tao. Ang Diyos at ang Kaniyang mga banal na anghel ay nasa tabi ng krus. Ang Ama ay kasama ng Kaniyang Anak. Gayunma'y hindi ipinakikita ang Kaniyang pakikiharap. Kung nakalabas lamang sa ulap ang Kaniyang kaluwalhatian, sana'y napuksa ang bawa't taong tumitingin. At sa nakapangingilabot na sandaling yaon ay hindi dapat aliwin si Kristo ng pakikiharap ng Ama. Niyapakan Niya nang nag-iisa ang alilisan ng alak, at isa man sa mga tao ay wala Siyang kasama.

Sa makapal na kadiliman, ay tinakpan ng Diyos ang huling paghihirap ng Kaniyang Anak. Lahat ng nakakita sa paghihirap ni Kristo ay nagsipaniwalang Siya nga ay Diyos. Ang mukhang yaon, minsang makita ng tao, ay hindi na kailanman malilimutan. Kung paanong inihayag ng mukha ni Cain ang kaniyang pagkakasala bilang isang mamamatay-tao, gayundin naman inihayag ng mukha ni Kristo ang Kaniyang kawalang-kasalanan, kahinahunan, at kagandahang-loob—na siyang larawan ng Diyos. Nguni't hindi pinansin ng mga nagsusumbong sa Kaniya ang tanda ng langit. Sa mahabang oras ng paghihirap ay pinagtinginanan si Kristo ng nangungutyang karamihan. Ngayo'y buong kahabagan Siyang tinakpan o ikinubli ng balabal ng Diyos. Ang katahimikan ng libingan ay waring nahulog sa [1102]
Kalbaryo. Sinaklot ng di-masambit na pagkatakot ang karamihang nagkakatipon sa palibot ng krus. Naputol sa gitna ng pagsasalita ang panunungayaw at panlalait. Ang mga lalaki, mga babae, at mga bata ay nangapadapa sa ibabaw ng lupa. Matatalim na kidlat ang paminsan-minsan ay gumuguhit na naglalagos sa ulap, at ipinakikita ang krus at ang nakapakong Manunubos. Ang akala ng lahat ng mga saserdote, mga pinuno, mga eskriba, mga berdugo, at ng magulong karamihan, ay dumating na ang panahon ng paghihiganti sa kanila. Pagkaraan ng isang sandali ay may nagbulong na si Jesus ay bababa na ngayon sa krus. May mga nagtangkang mangapa ng kanilang daang pabalik sa lungsod, na dinadagukan ang kanilang mga dibdib at sumisigaw sa takot.

Nang ikasiyam na oras ay nahawi ang kadiliman sa mga tao, nguni't nakalukob pa rin ito sa Tagapagligtas. Iyon ay sagisag ng paghihirap at ng pagkalagim na nakapataw nang buong bigat sa krus, at wala rin namang sinumang makapaglalagos sa lalong makapal na kadilimang sumasaklot sa naghihirap na kaluluwa ni Kristo. Ang

matatalim na kidlat ay waring ipinupukol sa Kaniya sa Kaniyang pagkakabayubay sa krus. Nang magkagayo'y "sumigaw si Jesus ng malakas na tinig, na sinasabi, Eloi, Eloi, lama sabachthani?" "Diyos Ko, Diyos Ko, bakit Mo Ako pinabayaan?" Nang ang panlabas na dilim ay lumukob sa Tagapagligtas, ay maraming tinig ang nangapabulalas: Ang paghihiganti ng langit ay ipinapataw na sa Kaniya. Ang mga kidlat ng kagalitan ng Diyos ay ipinupukol sa Kaniya, sapagka't inaangkin Niyang Siya'y Anak ng Diyos. Marami sa mga nagsisampalataya sa Kaniya ay nakarinig ng nakapanlulumo Niyang sigaw. Tinakasan sila ng pag-asa. Kung si Jesus ay pinabayaan na
[1103] ng Diyos, sa ano pa magtitiwala ang mga sumusunod sa Kaniya? Nang mapawi na ang dilim sa siil na diwa ni Kristo, ay naramdaman Niya ang sakit ng Kaniyang katawan, at Kaniyang sinabi, "Nauuhaw Ako." Nang makita ng isang kawal na Romano ang tuyong mga labi ni Kristo, ay nagdalang-habag ito, at kaya nga kumuha ito ng isang espongha sa tangkay ng hisopo, at nang maitubog ito sa suka, ay ibinigay ito kay Jesus. Nguni't nilibak ng mga saserdote ang Kaniyang paghihirap. Nang takpan ng dilim ang lupa, ay nalipos sila ng pagkatakot; nang mabawasan na ang kanilang takot, ay nagbalik ang kanilang pag-aalaala na baka si Jesus ay makatakas pa. Ang sinabi Niyang, "Eloi, Eloi, lama sabachthani?" ay binigyan nila, "Tinatawag ng Taong ito si Elias." Ang kahuli-hulihan nilang pagkakataon na lunasan ang Kaniyang mga paghihirap ay kanilang tinanggihan. "Pabayaan ninyo," wika nila, "tingnan natin kung paririto si Elias upang Siya'y iligtas."

Ang walang-dungis na Anak ng Diyos ay nakabayu-bay sa krus, sugatan ang Kaniyang katawan sa taglay na mga latay; yaong mga kamay na madalas Niyang iniunat upang magpala, ay nangakapako sa kahoy na nakapahalang; yaong mga paang walang-pagod sa mga gawain ng pag-ibig, ay nangakapako rin sa kahoy; ang makaharing ulong yaon ay sinugatan ng koronang tinik; ang nanginginig na mga labing yaon ay nahugis sa sigaw ng pamimighati. At ang lahat na Kaniyang binata—ang mga patak ng dugo na umagos mula sa Kaniyang ulo, sa Kaniyang mga kamay, sa Kaniyang mga paa, ang paghihirap na gumimbal sa Kaniyang pagkatao, at ang di-mabigkas na dalamhating pumuno sa Kaniyang kaluluwa sa pagka-kakubli ng mukha ng Kaniyang Ama—ay nagsasalita sa bawa't isang anak ng tao, na nagsasabi, Dahil sa iyo kaya sumang-ayon ang Anak ng

Diyos na magtiis ng bigat na ito ng kasalanan; dahil sa iyo ay nilupig Niya ang kaharian ng kamatayan, at binuksan ang mga pintuan ng [1104] Paraiso. Siya na nagpatahimik sa nagngangalit na mga alon at lumakad sa mabula't nagtataasang mga daluyong, na nagpanginig sa mga demonyo at nagpatakas sa sakit, na nagpadilat sa mga bulag na mata at bumuhay sa mga patay—ay nag-aalay ng Kaniyang sarili sa krus bilang isang hain, at ito ay dahil sa pag-ibig Niya sa iyo. Siya, na Tagapagdala ng kasalanan, ay nagtiis ng galit ng katarungan ng Diyos, at alang-alang sa iyo ay naging sala na rin.

Tahimik na minasdan ng mga nanonood ang magiging wakas ng nakasisindak na tagpo. Nagpakita ang araw; nguni't ang krus ay nababalot pa rin ng dilim. Tumingin sa Jerusalem ang mga saserdote at mga pinuno; at narito, makapal na ulap ang lumukob sa ibabaw ng lungsod at sa mga kapatagan ng Judea. Binabawi na ng Araw ng Katwiran at ng Ilaw ng sanlibutan ang Kaniyang mga sinag sa dati'y itinatanging lungsod ng Jerusalem. Ang matatalim na kidlat ng galit ng Diyos ay tumatama sa hinatulang lungsod.

Di-kaginsa-ginsa'y nahawi ang dilim sa krus, at sa malinaw at tulad-sa-tunog-ng-pakakak, na waring uma-alingawngaw sa buong sangkinapal, ay sumigaw si Jesus, "Naganap na." "Ama, sa mga kamay Mo ay ipinag-tatagubilin Ko ang Aking espiritu." Isang liwanag ang pumaligid sa krus, at ang mukha ng Tagapagligtas ay nagliwanag na gaya ng liwanag ng araw. Pagkatapos ay iniyukayok Niya ang Kaniyang ulo, at Siya'y nalagutan ng hininga.

Sa gitna ng kakila-kilabot na kadiliman, na waring pinabayaan na ng Diyos, ay ininom ni Kristo ang kahuli-hulihang patak sa saro ng kapighatian ng tao. Sa nakapangingilabot na mga oras na yaon ay umasa Siyang Siya ay tinanggap ng Kaniyang Ama batay sa katunayang naibigay na sa Kaniya. Kilala Niya ang likas ng Kaniyang Ama; nauunawaan Niya ang Kaniyang katarungan, ang [1105] Kaniyang kaawaan, at ang Kaniyang dakilang pag-ibig. Sa pananampalataya ay nanalig Siya sa Kaniya na naging laging kagalakan Niyang talimahin. At nang sa pagpapasakop ay ipagkatiwala Niya ang Kaniyang sarili sa Diyos, ay napawi ang nararamdaman Niyang pagkawala ng paglingap ng Kaniyang Ama. Sa pamamagitan ng pananampalataya, si Kristo ay nagtagumpay.

Di-kailanman noong una nakakita sa lupa ng gayong tanawin. Parang ipinatda sa pagkakatayo ang karamihan, at hindi halos hu-

mihingang nakatitig sa Tagapagligtas. Muling lumukob sa lupa ang kadiliman, at isang makagulkol na ugong, na tulad sa malakas na kulog, ang narinig. Nagkaroon ng isang nakagigimbal na lindol. Sama-samang nangabuwal na patung-patong ang mga tao. Di-magkamayaw na kaguluhan at pagkalito ang sumunod na nangyari. Sa nakapaligid na mga bundok, ay nangatibag ang naglalakihang mga bato, at nangahulog na gumugulong sa mga kapatagan. Nangabuksan ang mga libingan, at iniluwang palabas ang mga patay mula sa kani-kanilang mga puntod at tumba. Ang buong sangnilikha ay parang madudurog. Ang nangapipi sa takot na mga saserdote, mga pinuno, mga kawal, mga berdugo, at mga tao, ay nangapahandusay sa lupa.

Nang ang malakas na sigaw na, "Naganap na," ay mamulanggos sa mga labi ni Kristo, ay kasalukyang naglilingkod sa templo ang mga saserdote. Oras noon ng paghahandog o paghahain sa hapon. Ang korderong kumakatawan kay Kristo ay dinala na upang patayin. Nararamtan ng mahal at magandang damit, nakatayo na noon ang saserdote na taglay ang nakataas na sundang, gaya ni Abraham nang akma na niyang papatayin ang kaniyang anak. Nangakatinging nasasabik ang mga tao. Nguni't umuga at nayanig ang lupa; sapagka't lumalapit ang Panginoon. Kasabay ng isang matinding ugong na hinapak ng isang di-nakikitang kamay ang panloob na
[1106] tabing ng templo na nahating buhat sa itaas hanggang sa ibaba at nakita tuloy ng karamihan ang dakong dati'y napupuno ng pakikiharap ng Diyos. Sa dakong ito tumahan ang Shekinah. Dito ipinakita ng Diyos ang Kaniyang kaluwal-hatian sa ibabaw ng luklukan ng awa. Wala kundi ang dakilang saserdote lamang ang laging humahawi sa tabing na naghihiwalay sa silid na ito sa isa pang silid ng templo. Pumapasok siya dito minsan sa santaon upang gumawa ng pagtubos sa mga kasalanan ng mga tao. Nguni't narito, ang tabing na ito ay nahapak na nagkadalawa. Ang kabanal-banalang dako ng santuwaryo sa lupa ay hindi na banal.

Lahat ay kinilabutan at nagkagulo. Akma nang papatayin ng saserdote ang hayop; nguni't nahulog ang sundang mula sa nanginginig niyang kamay, at nakaalpas ang kordero. Nakatagpo ng anino ang inaaninuhan nang mamatay ang Anak ng Diyos. Nagawa na ang dakilang paghahain. Nabuksan ang daang patungo sa kabanal-banalan. Isang bago at buhay na daan ang inihahanda

para sa lahat. Hindi na kailangang maghintay pa ang nagkasala at nalulungkot na sangkatauhan sa pagdating ng dakilang saserdote. Mula ngayon ay maglilingkod na ang Tagapagligtas bilang saserdote at tagapamagitan sa langit ng mga langit. Parang may isang buhay na tinig na nagsalita sa mga sumasamba: Natapos na ngayon ang lahat ng mga paghahain at mga paghahandog para sa kasalanan. Naparito ang Anak ng Diyos ayon sa Kaniyang sinalita, "Narito, Ako'y pumarito (sa balumbon ng aklat ay nasusulat tungkol sa Akin), upang gawin, Oh Diyos, ang Iyong kalooban." "Sa pamamagitan ng Kaniyang sariling dugo ay pumasok na minsan magpakailanman sa dakong banal, yamang kinamtan ang walanghanggang katubusan para sa atin." Hebreo 10:7; 9:12. [1107]

## Kabanata 79—“Naganap Na”

Hindi isinuko ni Kristo ang Kaniyang buhay hang-gang sa naganap Niya ang gawaing pinarituhan Niya upang gawin, at kasabay ng namamaalam na paghinga ay sinabi Niya, “Naganap na.” Juan 19:30. Naipagtagumpay Niya ang labanan. Ibinigay sa Kaniya ng Kaniyang kanang kamay at ng Kaniyang banal na bisig ang tagumpay. Bilang isang Mananagumpay ay itinayo Niya ang Kaniyang watawat sa walang-hanggang kaitaasan. Hindi ba nagkaroon ng pagkakatuwaan ang mga anghel? Nagtagumpay ang buong sangkalangitan sa pagkakapagta-gumpay ng Tagapagligtas. Nagapi si Satanas, at batid nitong nawala na ang kaniyang kaharian.

Sa mga anghel at sa mga sanlibutang di-nagkasala, ang sigaw na, “Naganap na,” ay may malalim na kahulugan. Dahil sa kanila at dahil sa atin kaya tinapos na ang dakilang gawain ng pagtubos. Sila’y kasama nating naki-kibahagi sa mga bunga ng tagumpay ni Kristo.

Noon lamang mamatay si Kristo malinaw na nahayag sa mga anghel o sa mga sanlibutang di-nagkasala ang likas ni Satanas. Dinamtan ng punong-tumalikod ang kaniyang sarili ng gayon na lamang pagdaraya na anupa’t hindi napag-unawa maging ng mga
[1108] banal na kina- pal ang kaniyang mga simulain. Hindi nila malinaw
[1109] na nakita ang uri ng kaniyang paghihimagsik.

Isang kinapal na may kahanga-hangang kapangyarihan at kaluwalhatian ang lumaban sa Diyos. Tungkol kay Lucifer ay ganito ang sinasabi ng Panginoon, “Iyong tinatatakan ang kabuuan, na puno ng karunungan, at sakdal sa kagandahan.” Ezekiel 28:12. Si Lucifer ang dating tumatakip na kerubin. Tumayo siya sa liwanag ng paki-kiharap ng Diyos. Siya ang pinakamataas sa lahat ng mga nilikha, at siyang nangunguna sa paghahayag sa santinakpan ng mga panukala o mga layunin ng Diyos. Nang siya’y magkasala na, ay naging lalong mapanlinlang ang kapangyarihan niya sa pagdaraya, at naging lalong mahirap na ilantad ang kaniyang likas, dahil sa mataas na tungkuling hinawakan niya sa Ama.

Magagawa ng Diyos na lipulin si Satanas at ang mga sumunod sa kaniya na kasindali ng paghahagis ng isang bato sa lupa; nguni't hindi Niya ginawa ito. Ang paghihimagsik ay hindi magagapi ng lakas. Ang pamimilit ay nasumpungan lamang sa pamahalaan ni Satanas. Ang mga simulain ng Panginoon ay walang ganitong uri. Ang Kaniyang kapangyarihan ay nakasalig sa kabutihan, kaawaan, at pag-ibig; at ang pagpapakilala ng mga simulaing ito ay siyang paraang dapat gamitin. Ang pamahalaan ng Diyos ay wagas o banal, at katotohanan at pagibig ang dapat maging namamayaning kapangyarihan.

Ang layunin ng Diyos ay ilagay ang lahat ng mga bagay sa walang-hanggang kapanatagan, at sa mga sanggunian sa langit ay ipinasiyang bigyan si Satanas ng panahon upang mabuo niya ang mga simulaing pinagsasaligan ng ayos ng kaniyang pamamahala. Sinabi niyang ang mga simulaing ito ay nakahihigit sa mga simulain ng Diyos. Binigyan nga ng panahon si Satanas upang magawa at mabuo niya ang kaniyang mga simulain, upang ang mga ito ay makita ng buong sangkalangitan. [1110]

Inakay ni Satanas ang mga tao sa pagkakasala, at dahil dito ay isinagawa ang panukala ng pagtubos. Sa loob ng apat na libong taon, ay walang humpay na gumagawa si Kristo upang maitaas ang tao, nguni't si Satanas naman ay gumagawa upang ito ay maipahamak at maibaba. At nakita ito ng sangkalangitan.

Nang pumarito si Jesus sa sanlibutan, ay ibinaling sa Kaniya ang kapangyarihan ni Satanas. Buhat nang panahong Siya'y lumitaw na isang sanggol sa Bethlehem, ay gumawa na ang mang-aagaw upang Siya'y maipahamak. Sa lahat ng maaaring paraan ay pinagsikapan niyang hadlangan si Jesus sa pagkakaroon ng sakdal na kamusmusan, ng walang-kapintasang pagkalalaki, ng banal na ministeryo, at ng walang-dungis na sakripisyo. Nguni't siya'y nadaig. Hindi niya maakay si Jesus sa gawang pagkakasala. Hindi niya Siya mapapanlupaypay, o maitaboy sa paggawa ng gawaing pinarituhan Niya sa lupa upang gawin. Buhat sa ilang hanggang sa Kalbaryo, ay dumagok na sa Kaniya ang bagyo ng galit ni Satanas, nguni't habang lalong walang-awa ang pagdapo nito, ay lalo namang nagtibay at humigpit ang pagkakahawak ng Anak ng Diyos sa kamay ng Kaniyang Ama, at nagpatuloy sa paglakad sa landas na tigmak sa dugo. Ang lahat

ng pagsisikap ni Satanas na masiil at madaig Siya ay lalo lamang nagpalitaw sa dalisay at walang-dungis Niyang likas.

Ang buong sangkalangitan at ang mga sanlibutang di-nagkasala ay nakasaksi sa tunggalian. Buong pananabik nilang sinubaybayan ang nagtatapos na mga tagpo ng labanan. Nakita nilang pumasok sa Halamanan ng Gethsemane ang Tagapagligtas, ang kaluluwa Niya'y sakbibi ng takot sa malaking kadiliman. Napakinggan nila ang mapait Niyang daing, "Ama Ko, kung baga maaari, ay lumampas sa Akin ang sarong ito." Mateo 26:39. Nang mawala na ang pakiki-
[1111] harap ng Ama, nakita nilang ang kalungkutan Niya ay matindi pa kaysa huling paki-kilaban Niya sa kamatayan. Pinawisan Siya ng dugo, at pumatak ang mga ito sa lupa. Makaitlong namutawi sa Kaniyang mga labi ang dalanging Siya'y iligtas. Hindi na matagalan pa ng Langit ang tanawing yaon, kaya't isang sugo ng kaaliwan ang ipinadala sa Anak ng Diyos.

Natanaw ng Langit na ipinagkanulo ang Biktima sa mga kamay ng mga taong mamamatay-tao, at ipinag-hatid-hatiran mula sa isang hukuman hanggang sa isa pa nang may paglibak at may karahasan. Narinig nito ang mga panunuya ng mga nagsisiusig sa Kaniya dahil sa aba Niyang pinagmulan. Narinig nito ang pagkaka-ilang may panunungayaw at panunumpa ng isa sa Kaniyang pinakaiibig na mga alagad. Nakita nito ang baliw na paggawa ni Satanas, at ang kapangyarihan nito sa puso ng mga tao. Oh, kakila-kilabot na tanawin! sinung-gaban ang Tagapagligtas nang hatinggabi sa Gethsemane, kinaladkad nang paroo't parito mula sa palasyo hanggang sa bulwagan ng hukuman, makalawang ulit na nilitis sa harap ng mga saserdote, makalawa sa harap ng Sanedrin, dalawang beses din sa harap ni Pilato, at minsan sa harap ni Herodes, nilibak, hinampas, hinatulan, at ipinagtulakang palabas upang ipako sa krus, na pasan-pasan ang mabigat na krus, sa gitna ng pagpapana-ngisan ng mga anak na babae ng Jerusalem at ng pangungutya ng magugulong karamihan.

Minasdan ng Langit nang may pagdaramdam at panggigilalas ang pagkakabayubay ni Kristo sa krus, na dinadaluyan ng dugo ang sugatan Niyang ulo, at pinamumu-uan sa Kaniyang noo ng magkahalong pawis at dugo. Buhat sa Kaniyang mga kamay at mga paa ay tumutu lo ang dugo, nang patak-patak, sa ibabaw ng batong inuka para sa puno ng krus. Ang sugat na gawa ng pako sa Kaniyang mga kamay ay bumuka dahil sa bigat ng Kaniyang katawan. Ang

naghihirap Niyang paghinga ay bumilis at lumalim, nang humingal [1112] ang Kaniyang kaluluwa dahil sa bigat ng mga kasalanan ng sanlibutan. Ang buong kalangitan ay nalipos ng pagkakamangha nang ang panalangin ni Kristo ay ipailanlang sa gitna ng Kaniyang kakilakilabot na paghihirap—"Ama, patawarin Mo sila; sapagka't hindi nila nalalaman ang kanilang ginagawa." Lucas 23:34. Gayunma'y naroo't nangakatayo, ang mga lalaking ginawa ayon sa larawan ng Diyos, na nakikisama sa pagkitil sa buhay ng Kaniyang bugtong na Anak. Ano ngang tanawin para sa sangkalangitan!

Ang mga pamunuan at mga kapangyarihan ng kadiliman ay nangagtipon sa palibot ng krus, at nilalambungan ng maka-impiyernong anino ng di-paniniwala ang mga puso ng mga tao. Nang likhain ng Panginoon ang mga kinapal na ito upang magsitayo sa harapan ng Kaniyang luklukan, sila'y magaganda at maluluwalhati. Ang kanilang kagandahan at kabanalan ay naaayon sa kanilang mataas na kalagayan. Sila'y pinayaman sa karunungan ng Diyos, at binigkisan ng kagayakan ng langit. Sila'y mga ministro ni Jehoba. Nguni't sino ang maka-kakilala sa nagkasalang mga anghel sa maluwalhating serafin na minsa'y naglingkod sa mga bulwagan sa langit?

Nakisama ang mga anghel ni Satanas sa mga masasamang tao upang akayin ang bayan sa paniniwala na si Kristo ay siyang puno ng mga makasalanan, at upang gawin Siyang tudlaan ng kanilang pagkamuhi. Yaong mga nagsihamak kay Kristo nang Siya'y nakabayubay sa krus ay nalipos ng diwa ng unang dakilang manghihimagsik. Pinuno nito sila ng mga imbi at nakaririmarim na mga pangungusap. Ito ang nag-udyok ng kanilang mga panguuyam. Nguni't sa lahat ng ito ay wala itong pinakina-bang na anuman.

Kung may isang kasalanang nasumpungan kay Kristo kung kahit sa isang bagay ay sumuko Siya kay Satanas upang makaiwas lamang sa kakila-kilabot na pahirap, sana'y nagtagumpay ang kaaway ng [1113] Diyos at ng tao. Ini yukayok ni Kristo ang Kaniyang ulo at namatay, nguni't mahigpit Siyang nanghawak sa Kaniyang pananampalataya at sa Kaniyang pagpapasakop sa Diyos. "At narinig ko ang isang malakas na tinig sa langit na nagsasabi, Ngayo'y aumating ang kaligtasan, at ang kapangyarihan, at ang kaharian ng ating Diyos, at ang kapamahalaan ng Kaniyang Kristo: sapagka't inihagis na ang tagapagsumbong sa ating mga kapatid, na siyang sa kanila'y

nagsusumbong sa harapan ng ating Diyos araw at gabi." Apocalipsis 12:10.

Nakita ni Satanas na naalis na ang kaniyang balatkayo. Nalantad na sa harap ng mga anghel na di-nag-kasala at sa harap ng sangkalangitan ang kaniyang pangangasiwa. Nahayag ang kaniyang sarili na isang mamamatay-tao. Sa pagpapadanak niya sa dugo ng Anak ng Diyos, ay inalis niya ang pakikiramay sa kaniya ng mga kinapal sa langit. Buhat noon ay natakdaan na ang kaniyang gawain. Anuman ang gawain niyang pananayuan, ay hindi na niya mahintay ang mga anghel na nanggagaling sa mga korte sa langit, at isumbong sa harap nila ang mga kapatid ni Kristo na sila'y nararamtan ng mga damit na maitim at ng dumi ng kasalanan. Nalagot na ang kahuli-hulihang kawing ng pagdadamayan ni Satanas at ng sangkalangitan.

Gayunma'y hindi pa rin pinuksa noon si Satanas. Hindi pa rin nauunawaan noon ng mga anghel ang lahat ng nasasangkot sa malaking tunggalian. Ang mga simulaing nakataya ay kailangang lubusan pang mahayag. At alang-alang sa tao, ay kailangang palawigin pa ang buhay ni Satanas. Dapat makita ng tao at gayundin ng mga anghel ang pagkakaiba ng Prinsipe ng kaliwanagan at ng prinsipe ng kadiliman. Dapat niyang piliin kung sino ang kaniyang paglilingkuran.

[1114] Nang magsimula ang malaking tunggalian, ay sinabi ni Satanas na ang kautusan ng Diyos ay hindi mangya-yaring masunod, na ang katarungan ay hindi kaalinsunod ng kahabagan, at kung sakaling malalabag ang kautusan, ay di-maaaring mapatawad ang makasalanan. Bawa't kasalanan ay dapat parusahan, ipinaggigiitan ni Satanas; at kung sakaling ipatawad ng Diyos ang parusa sa kasalanan, ay hindi na Siya magiging isang Diyos ng katotohanan at katarungan. Nang labagin ng mga tao ang Kautusan ng Diyos, at labanan ang Kaniyang kalo-oban, ay gayon na lamang ang tuwa ni Satanas. Sinabi niyang napatunayan na ang kautusan ay talagang hindi matatalima; ang tao ay hindi maaaring mapatawad. Sapagka't siya, nang siya'y maghimagsik, ay pinalayas sa langit, iginigiit ni Satanas na ang sangkatauhan ay kailangan din namang mawala na rin sa lingap ng Diyos. Ang Diyos ay hindi maaring maging makatarungan, giit mya, kung pagpapakitaan Niya ng habag ang makasalanan.

Datapwa't kahit na isang makasalanan, ang tao ay naiiba sa kalagayan ni Satanas. Si Lucifer sa langit ay nagkasala sa liwanag ng kaluwalhatian ng Diyos. Sa kaniya ibinigay at hindi sa sinumang ibang nilalang ang kapahayagan ng pag-ibig ng Diyos. Sa kabila ng pagkaunawa niya sa likas ng Diyos, at pagkakilala sa Kaniyang kabutihan, ay pinili pa rin ni Satanas na sundin ang kaniyang makasarili at hiwalay na kalooban. Pangwakas ang pagpiling ito. Wala nang magagawa pa ang Diyos upang mailigtas siya. Nguni't ang tao ay dinaya; ang isip niya ay pinadilim ng panlilinlang ni Satanas. Ang taas at lalim ng pag-ibig ng Diyos ay hindi niya naalaman. Para sa kaniya ay may pag-asa pang makilala ang pagibig ng Diyos. Sa pamamagitan ng pagtingin ng tao sa Kaniyang likas ay maaaring mapanumbalik siya sa Diyos.

Sa pamamagitan ni Jesus, ay nahayag sa mga tao ang kahabagan
ng Diyos; nguni't hindi isinasaisantabi ng kahabagan ang katarun- [1115]
gan. Inihahayag ng kautusan ang mga katangian ng likas ng Diyos, at ni isang tuldok o ni isang kudlit nito ay hindi maaaring baguhin upang mapaangkop sa tao sa kalagayan nitong nagkasala. Hindi binago ng Diyos ang Kaniyang kautusan, kundi isinakri-pisyo Niya ang Kaniyang sarili, sa pamamagitan ni Kristo, para sa ikatutubos ng tao. "Ang Diyos kay Kristo ay pinakipagkasundo ang sanlibutan sa Kaniya rin." 2 Corinto 5:19.

Ang kautusan ay humihingi ng katwiran—isang matwid na pamumuhay, isang sakdal na likas; at ang tao ay walang maibibigay na ganito. Hindi niya maibibigay ang mga hinihingi ng banal na kautusan ng Diyos. Nguni't nang pumarito si Kristo sa lupa bilang tao, ay namuhay Siya ng isang banal na pamumuhay, at naglinang ng isang sakdal na likas. Ang mga ito ay iniaalok Niya bilang isang walang-bayad na kaloob sa lahat ng mga tatanggap nito. Ang Kaniyang buhay ay umaayong kahalili ng buhay ng mga tao. Sa ganyan ay tumatanggap sila ng kapatawaran ng mga kasalanang nagawa sa nakaraan, sa pamamagitan ng pagpapahinuhod ng Diyos. Bukod pa sa rito, pinupuno ni Kristo ang mga tao ng mga likas ng Diyos. Itinatayo Niya ang likas ng tao ayon sa wangis ng likas ng Diyos, isang mabuting kayarian ng kalakasan at kagandahang espirituwal. Sa ganito ang katwiran ng kautusan ay natutupad sa sumasampalataya kay Kristo. Ang Diyos ay maaaring "maging

ganap, at tagaaring-ganap sa sumasampalataya kay Jesus." Roma 3:26.

Ang pag-ibig ng Diyos ay nahayag sa Kaniyang katarungan at gayundin sa Kaniyang kaawaan. Katarungan ang patibayan o saligan ng Kaniyang luklukan, at bunga ng Kaniyang pag-ibig. Ang layunin ni Satanas ay ihiwalay ang kaawaan sa katotohanan at katarungan.
[1116] Sinikap niyang patunayan na ang katwiran ng kautusan ng Diyos ay kaaway ng kapayapaan. Datapwa't ipinakikilala ni Kristo na alinsunod sa panukala ng Diyos ay di-ma-paghiwalay ang pagsasama ng dalawang ito; ang una ay hindi mananatili kung wala ang ikalawa. "Kaawaan at katotohanan ay nagsalubong; katwiran at kapayapaan ay naghalikan." Awit 85:10.

Sa pamamagitan ng Kaniyang kabuhayan at kamatayan, ay pinatunayan ni Kristo na hindi sinira ng katarungan ng Diyos ang Kaniyang kaawaan, kundi ang kasalanan ay mangyayaring ipatawad, at ang kautusan ay matwid, at maaaring sundin nang buong kasakdalan. Napasinungalingan ang mga paratang ni Satanas. Nagbigay ang Diyos sa tao ng di mapagkakamaliang katunayan ng Kaniyang pag-ibig.

Isa pang kadayaan ang inihaharap ngayon. Ipinahayag ni Satanas na sinira ng kawan ang katarungan, na pinawi ng pagkamatay ni Kristo ang kautusan ng Ama. Kung maaari lamang palitan o pawiin ang kautusan, hindi na sana kinailangan ni Kristo ang mamatay. Nguni't ang pagpawi sa kautusan ay mangangahulugang pagpapanatili ng pagsalansang sa habang panahon, at maglalagay sa sanlibutan sa ilalim ng kontrol ni Satanas. Dahil sa ang kautusan ay di-mababago, at dahil sa ang tao ay maililigtas lamang sa pamamagitan ng pagtalima sa mga utos na ito, kaya si Jesus ay ibinayubay sa krus. Nguni't ang paraang ginamit upang maitatag ni Kristo ang kautusan ay inilarawan ni Satanas na sumisira dito. Ito ang pagbubuhatan ng kahuli-hulihang labanan sa malaking tunggalian ni Kristo at ni Satanas.

Na ang kautusang sinalita ng sariling tinig ng Diyos ay may kamalian, na may ilang tiyak na utos na isina-isantabi, ay siya ngayong ikinakalat ni Satanas. Ito ang kahuli-hulihang pagdaraya na dadalhin niya sa sanlibu-tan. Hindi na niya kailangang batikusin pa ang buong
[1117] kautusan; kung maaakay niya ang mga tao na pawalangkabuluhan ang isang utos, ay natamo na niya ang kaniyang nilalayon. Sapagka't

"ang sinumang gumaganap ng buong kautusan, at gayunma'y natitisod sa isa, ay nagiging makasalanan sa lahat." Santiago 2:10. Sa pamamagitan ng pagsang-ayon ng tao na labagin ang isang utos, ay nailalagay sila sa ilalim ng kapangyarihan ni Satanas. Sa pamamagitan ng inihahaliling kautusan ng tao sa kautusan ng Diyos, ay pagsisikapan ni Satanas na makontrol ang sanlibutan. Ang gawaing ito ay pauna nang sinasabi ng hula. Tungkol sa dakilang kapangyarihang tumalikod na kumakatawan kay Satanas, ay ganito ang sinasabi, "Siya'y magbabadya ng mga dakilang salita laban sa Kataas-taasan, at lilipulin niya ang mga banal ng Kataas-taasan, at kaniyang iisiping baguhin ang panahon at ang kautusan: at sila'y mangabibigay sa kaniyang kamay." Daniel 7:25.

Walang pagsalang maglalagay ang mga tao ng kanilang mga kautusan upang salungatin ang mga kautusan ng Diyos. Sisikapin nilang pilitin ang mga budhi o kalo-oban ng mga iba, at sa kanilang pagsisikap na maipatupad ang mga kautusang ito ay sisiilin nila ang kanilang mga kapwa tao.

Ang pakikibaka laban sa kautusan ng Diyos, na pinasimulan ni Satanas sa langit, ay magpapatuloy hang-gang sa katapusan ng panahon. Bawa't tao ay susubukin. Ang pagtalima o di-pagtalima ay siyang suliraning pagpapasiyahan ng buong sanlibutan. Lahat ay tatawagin upang papiliin sa kautusan ng DiyOs at sa mga kautusan ng mga tao. Dito malalagay ang guhit ng pagkakahati. Magkakaroon lamang ng dalawang uri o pangkat ng mga tao. Lahat ng likas ay lubos nang malilinang; at ipaki-kilala ng lahat kung ang pinili nila ay ang panig ng pagtatapat o ang panig ng paghihimagsik.

Saka naman darating ang wakas. Itatanyag ng Diyos ang Kaniyang kautusan at ililigtas ang Kaniyang bayan. Si Satanas at [1118] ang lahat ng nagsipanig sa kaniya sa paghihimagsik ay lilipulin. Ang kasalanan at ang mga makasalanan, ugat at sanga (Malakias 4:1)—si Satanas ang ugat, at ang mga tagasunod niya ay siyang mga sanga. Matutupad ang salita sa prinsipe ng kasamaan, "Sapagka't iyong inilagak ang iyong puso na parang puso ng Diyos; ... Aking lilipulin ka, Oh tumatakip na kerubin, mula sa gitna ng mga batong mahalaga ... Ikaw ay naging kakila-kilabot, at ikaw ay hindi na mabubuhay pa." Kung magkagayon "ang masama ay mawawala na: oo, iyong uusisaing mainam ang kaniyang dako, at siya'y mawawala na;"

"magiging wari bagang sila'y hindi nangabuhay." Ezekiel 28:6-19; Awit 37:10; Obadias 16.

Hindi ito isang gawang pamimilit sa panig ng Diyos. Inaani lamang ng mga nagsisitanggi sa Kaniyang kaawaan ang kanilang inihasik. Ang Diyos ay siyang bukal ng buhay; at pagka ang pinipili ng isang tao ay ang maglingkod sa kasalanan, ay humihiwalay siya sa Diyos, at sa gayo'y nahihiwalay siya sa buhay. Siya ay "nahiwalay sa buhay ng Diyos." Sinasabi ni Kristo, "Silang lahat na nangagtatanim (nangapopoot) sa Akin ay nagsisiibig ng kamatayan." Kawikaan 8:36. Binibigyan sila ng Diyos ng buhay sa loob ng isang panahon upang sila'y makapag-linang ng kanilang likas at makapaghayag ng kanilang mga simulain. Kung matupad na ito, ay. tinatanggap na nila ang mga bunga ng kanilang sariling pamimili. Dahil sa buhay na mapaghimagsik, ay inilagay ni Satanas at ng lahat na nakisama sa kaniya ang kanilang mga sarili sa isang kalagayang lubos na hindi kasang-ayon sa Diyos na anupa't ang pakikiharap ng Diyos sa ganang kanila ay isa nang mamumugnaw na apoy. Ang kaluwalha-tian Niya na siyang pag-ibig ay lilipol sa kanila.

Sa pasimula ng malaking tunggalian, ay hindi ito naintindihan ng mga anghel. Kung si Satanas at ang lahat niyang hukbo ay
[1119] pinabayaang magsiani ng buong bunga ng kanilang kasalanan, sila'y nangalipol sana; nguni't hindi magiging maiinaw sa mga anghel sa langit na ito na nga ang di-maiiwasang bunga ng kasalanan. Mananatili ang pag-aalinlangan sa kabutihan ng Diyos at sa kanilang isip at ito'y magiging parang masamang binhi, na magbubunga ng naKamamatay na bunga ng kasalanan at kapighatian.

Datapwa't hindi magkakagayon pagka natapos na ang malaking tunggalian. Sa panahong yaon, yamang natapos na ang panuKala ng pagtubos, ay mahahayag na ang likas ng Diyos sa lahat ng mga nilalang. Ang mga utos ng Kaniyang kautusan ay makikita nang sakdal at dinababago. Sa panahong yaon ay makikita na ang likas ng kasalanan, at ang likas ni Satanas. Kung magkagayon ang pagkapawi ng kasalanan ay magbibigay-katwiran sa pag-ibig ng Diyos at magtatatag ng Kaniyang karangalan sa harap ng sansinukob ng mga nilalang na nalulugod gumanap ng Kaniyang kalooban, at sa mga puso'y kinaro-roonan ng Kaniyang kautusan.

Kaya nga, dapat sana'y nangagkatuwa ang mga anghel nang mamasdan nila ang krus ng Tagapagligtas; sapagka't bagaman hindi

nila naintindihan noon ang lahat, ay talastas naman nilang tiyak na magpakailanman ang pagkalipol ng kasalanan na tiyak na rin ang pagkatubos sa tao, at ang sansinukob ay tiwasay na magpasawalang-hanggan. Lubos na naunawaan ni Kristo na rin ang mga ibubunga ng ginawang sakripisyo sa Kalbaryo. Ang lahat ng ito ay siya Niyang inasahan at hinintay nang sa pagkakabayubay Niya sa krus ay sumigaw Siya ng, "Naganap na." [1120]

## Kabanata 80—Sa Libingan ni Jose

Sa wakas ay namahinga na si Jesus. Natapos na ang mahabang maghapon ng pagdusta at pahirap sa Kaniya. Samantalang namamaalam na ang mga huling silahis ng araw at pumapasok naman ang banal na Sabbath, ang Anak ng Diyos ay tahimik na namamahinga sa libingan ni Jose. Palibhasa'y tapos na ang Kaniyang gawain, at nangakatiklop na ang Kaniyang mga kamay sa kapayapaan, ay namahinga Siya sa buong mga banal na oras ng araw ng Sabbath.

Noong pasimula ang Ama at ang Anak ay nagpahinga sa Sabbath pagkatapos ng Kanilang gawain ng paglalang. Nang "nayari ang langit at ang lupa, at ang lahat na natatanaw sa mga iyon" (Genesis 2:1), ang Manlalalang at ang lahat ng mga kinapal sa langit ay nangagkatuwa sa pagninilay-nilay sa maluwalhating tanawin. "Nagsiawit na magkakasama ang mga bituing pang-umaga, at ang lahat ng mga anak ng Diyos ay naghiyawan sa kagalakan." Job 38:7. Ngayo'y nagpahinga si Jesus sa gawain ng pagtubos; at bagaman nagsisipagdalamhati ang mga umiibig sa Kaniya sa lupa, gayunma'y
[1121] nagkakatuwaan naman sa langit. Maluwalhati sa paningin ng mga nilalang na tagalangit ang pangako tungkol sa hinaharap. Isang nasauling nilalang, isang lahing natubos, na nagwagi sa kasalanan at hindi na magkakasala pa—ito ang nakita ng Diyos at ng mga anghel na bunga ng natapos na gawain ni Kristo. Sa tanawing ito laging nauugnay ang araw na ipinagpahinga ni Jesus. Sapagka't "ang Kaniyang gawa ay sakdal;" at "anumang ginagawa ng Diyos, magiging magpakailan pa man." Deuteronomio 32:4; Ecclesiastes 3:14. Pagka nangyari na ang "pagsasauli sa dati ng lahat ng mga bagay, na sinalita ng Diyos sa pamamagitan ng bibig ng Kaniyang mga banal na propeta buhat pa nang pasimula ng sanlibutan" (Mga Gawa 3:21), ang Sabbath ng paglalang, ang araw na ipinagpahinga ni Jesus sa libingan ni Jose, ay mananatili pa ring isang araw ng kapahingahan at pagkakatuwaan. Ang langit at ang lupa ay magkakaisa sa pagpupuri, kapag "mula sa isang Sabbath hanggang sa panibago"

(Isaias 66:23) ang mga ligtas na bansa ay magsisiyukod sa masayang pagsamba sa Diyos at sa Kordero.

Sa mga huling pangyayari nang araw na mabayubay si Kristo sa krus, ay nagbigay ng sariwang katibayan tungkol sa pagkatupad ng hula, at may bagong saksing nagpatunay sa pagka-Diyos ni Kristo. Nang mapawi na ang kadilimang lumukob sa krus, at mabigkas na ang namamaalam na sigaw ng Tagapagligtas, ay karaka-rakang narinig ang ibang tinig, na nagsasabi, "Tunay na ito ang Anak ng Diyos." Mateo 27:54.

Ang mga salitang ito ay hindi binigkas nang pabulong. Lahat ng paningin ay nangapabaling sa pinanggalingan ng salita. Sino ang nagsalita? Ang senturyon, ang kawal na Romano. Ang banal na pagtitiis ng Tagapagligtas, at ang biglang pagkalagot ng Kaniyang hininga, na may sigaw na pananagumpay sa Kaniyang mga labi, ay naka-tawag ng pansin ng paganong ito. Sa pasa-pasaan at sugatang katawan na nakabitin sa krus, ay nakilala ng senturyon ang anyo [1122]
ng Anak ng Diyos. Hindi niya napigilan ang pagpapahayag ng kaniyang pananampalataya. Kaya nga isa na namang katibayan ang ibinigay na makikita ng ating Manunubos ang pagdaramdam ng Kaniyang kaluluwa. Nang araw ding iyon ng Kaniyang kamatayan, ay tatlong taong lubhang magkakaiba, ang nagsipagpahayag ng kanilang pananampalataya—ang isa ay ang kapitan ng bantay na Romano, ang ikalawa ay ang nagpasan ng krus ng Tagapagligtas, at ang ikatlo ay ang namatay sa krus sa Kaniyang tabi.

Nang gumagabi na, isang kakatwang katahimikan ang naghari sa Kalbaryo. Naghiwa-hiwalay na ang karamihan, at marami ang nagbalik sa Jerusalem na iba nang lubha ang diwa kaysa tinataglay nila noong umaga. Marami ang nagdagsaan sa pinagpakuang krus upang magusyoso lamang, at hindi dahil sa galit kay Kristo. Gayunma'y pinaniniwalaan pa rin nila ang mga paratang ng mga saserdote, at tinitingnan nila si Kristong gaya ng isang masamang tao. Palibhasa'y natangay ng di-pangka-raniwang alingasngas ay nakisama sila sa magulong pulutong sa pag-alipusta sa Kaniya. Nguni't nang mabalot na ng kadiliman ang lupa, at sila'y magsitindig na binabagabag ng sarili nilang mga budhi, ay naramdaman nila ang malaki nilang pagkakasala. Walang narinig na anumang pagbibiro o nanlilibak na pagtatawa sa gitna ng nakapangingilabot na kadilimang yaon; at nang ito'y mapawi na, ay nagsiuwi sila sa kani-kanilang mga tahanan

nang walang imikan. Sila'y kumbinsidong ang mga paratang ng mga saserdote ay kabulaanan lamang, at si Jesus ay hindi isang mapagkunwari; kaya pagkaraan ng mga ilang linggo, nang si Pedro ay mangaral sa araw ng Pentekostes, ay kabilang sila sa libu-libong nangahikayat kay Kristo.

Datapwa't ang mga pinunong Hudyo ay hindi napagbago ng [1123] mga.pangyayaring kanilang nasaksihan. Ang kanilang pagkapoot kay Jesus ay hindi nagbawa. Ang kadilimang bumalot sa lupa nang ipako si Jesus sa krus ay hindi higit na makapal kaysa bumalot pa rin sa mga kaisipan ng mga saserdote at mga pinuno. Nang Siya'y ipanganak ay nakilala ng bituin si Kristo, at pinatnubayan ang mga pantas na lalaki hanggang sa sabsabang Kaniyang kinahihigan. Nakilala Siya ng mga hukbo sa langit, at nagsiawit ang mga ito ng papuri sa Kaniya sa mga kapatagan ng Bethlehem. Nakilala ng dagat ang Kaniyang tinig, at tinalima ang Kaniyang utos. Kinilala ng sakit at ng kamatayan ang Kaniyang kapangyarihan, at isinuko sa Kaniya ang kanilang bihag. Nakilala Siya ng araw, at kaya nga nang makita nito ang naghihingalo Niyang paghihirap, ay nagkubli ng liwanag nito. Nakilala Siya ng malalaking bato, kaya't nagkadurug-durog ang mga ito nang Siya ay sumigaw. Ang katalagahang walang-buhay ay nakakilala kay Kristo, at nagbigay patotoo sa Kaniyang pagka-Diyos. Nguni't ang mga saserdote at mga pinuno ng Israel ay hindi nakakilala sa Anak ng Diyos.

Gayunma'y hindi mapalagay ang mga saserdote at mga pinuno. Naisakatuparan nila ang kanilang layuning si Kristo ay maipapatay; nguni't hindi nila maramdaman ang pagkadama ng tagumpay na gaya ng kanilang inaasahan. Maging sa oras ng sa malas ay pananagumpay nila, ay binabagabag sila ng mga pag-aalinlangan tungkol sa kung ano kaya ang susunod na mangyayari. Narinig nila ang sigaw na, "Naganap na." "Ama, sa mga kamay Mo ay ipinagtatagubilin Ko ang Aking espiritu." Juan 19:30; Lukas 23:46 Nakita nilang nangatibag ang malalaking bato, at naramdaman nila ang malakas na lindol, at sila'y di-mapalagay at kinakabahan.

Nag-aalaala sila sa impluwensiya ni Kristo sa mga tao nang Siya'y nabubuhay pa; nag-aalaala pa rin sila kahit Siya'y patay na. Kinatakutan nila ang patay na Kristo nang higit, at higit pa, kaysa [1124] naging pagkatakot nila sa buhay na Kristo. Kinatakutan nilang ang pansin ng mga tao ay mapatuon sa mga nangyari nang Siya ay

ipako sa krus. Kinatakutan nila ang mga ibubunga ng mga ginawa nila nang araw na yaon. Kahit na anong mangyari ay hindi nila mapababayaang manatili ang Kaniyang bangkay doon sa krus sa panahon ng Sabbath. Nalalapit na ngayon ang Sabbath, at magiging isang paglabag sa kabanalan nito kung pababayaang manatili sa krus ang mga bangkay. Kaya, ito ang ginamit na dahilan ng mga pinunong Hudyo kay Pilato, upang mapadali ang pagkamatay ng mga biktima, at upang ang kanilang mga bangkay ay maalis na bago lumubog ang araw.

Tulad nila ay hindi rin naman ibig ni Pilatong manatili roon sa krus ang bangkay ni Jesus. Kaya't nang siya'y pumayag na, ang mga hita o mga paa ng dalawang mag nanakaw ay binali o inumog upang mapadali ang kanilang pagkamatay; nguni't si Jesus ay natagpuang patay na. Ang mga walang-pakundangang kawal ay nangaglubag na ang loob dahil sa kanilang nangarinig at nangakita tungkol kay Kristo, at hindi na nila binali o inumog ang Kaniyang mga kamay at paa. Kaya nang ialay na ang Kordero ng Diyos ay natupad ang kautusan tungkol sa Paskuwa, "Wala silang ititira niyaon hanggang sa kinaumagahan, ni sisira ng buto niyaon; ayon sa buong palatuntunan ng Paskuwa ay kanilang ipagdiriwang." Mga Bilang 9:12.

Nangagtaka ang mga saserdote at. mga pinuno nang matagpuan nilang patay na si Kristo. Ang pagkamatay sa krus ay matagal; mahirap matiyak kung kailan malalagot ang hininga. Ang isang tao na namatay sa loob ng anim na oras na pagkakapako sa krus ay isang bagay na hindi pa naririnig. Ibig ng mga saserdoteng matiyak na si Jesus ay patay na, at kaya nga sa utos nila ay inulos ng isang kawal ang tagiliran ng Tagapagligtas. Mula sa nalikhang sugat, ay dumaloy ang dalawang masagana at magkaibang agos, ang isa ay [1125] agos ng dugo, at ang ikalawa ay agos ng tubig. Ito ay napansin ng lahat ng mga nangakatingin, at tiyak na tiyak ang pagkakalahad ni Juan tungkol sa nangyari. Sinasabi niya, "Pinalagpasan ang Kaniyang tagiliran ng isang sibat ng isa sa mga kawal, at pagdaka'y lumabas ang dugo at tubig. At ang nakakita ay nagpatotoo, at ang kaniyang patotoo ay totoo: at nalalaman niyang siya'y nagsasabi nang totoo, upang kayo naman ay magsisampalataya. Sapagka't ang mga bagay na ito ay nangyari, upang matupad ang kasulatan, Ni isa mang buto Niya'y hindi mababali. At sinabi naman sa ibang

kasulatan, Magsisitingin sila sa Kaniya na kanilang pinag-ulusanan." Juan 19:34-37.

Pagkatapos na si Kristo'y mabuhay na mag-uli ay pinalaganap ng mga saserdote at mga pinuno ang balita na Siya ay hindi namatay sa krus, na Siya ay hinimatay lamang, at pagkatapos ay muling nabuhay. May isa pang balita na ang dinala at inilagak sa libingan ay hindi ang tunay na katawang may laman at may buto, kundi ang kawangis lamang nito. Ang ginawa ng mga kawal na Romano ay nagpapabulaan sa mga kasinungalingang ito. Hindi nila binali ang Kaniyang mga paa, sapagka't Siya ay patay na. Upang masiyahan ang mga saserdote, ay inulos nila ang Kaniyang tagiliran. Kung talagang hindi pa Siya patay, ang sugat na ito'y sapat nang maging sanhi ng Kaniyang kagyat na kamatayan.

Nguni't hindi ang ulos ng sibat, hindi ang hirap sa krus, ang pumatay kay Jesus. Ang sigaw na yaon, na binigkas "nang malakas na tinig" (Mateo 27:50; Lukas 23: 46), sa sandali ng kamatayan, ang agos ng dugo at tubig na dumaloy mula sa Kaniyang tagiliran, ay nagpahayag na Siya ay namatay nang may wasak na puso. Winasak ang Kaniyang puso ng matinding hirap na tiniis ng Kaniyang pag-
[1126] iisip. Siya'y pinatay ng kasalanan ng sanlibutan.

Kasamang namatay ni Kristo ang mga pag-asa ng Kaniyang mga alagad. Minasdan nila ang nakapikit Niyang mga mata at nakayukayok na ulo, ang buhok Niyang tigmak sa dugo, ang Kaniyang mga kamay at mga paang binutasan ng mga pako, at ang kanilang kadalamhatian ay di-mailarawan. Hanggang sa huling sandali ay hindi sila makapaniwalang Siya ay mamamatay; at hindi halos nila mapaniwalaang Siya'y patay na nga. Dahil sa labis nilang kalungkutan, ay hindi nila naalaala ang mga salita Niya na paunang-nagsasabi ng pangyayaring ito. Hindi nakapagbigay ngayon ng kaaliwan sa kanila ang anumang mga sinabi Niya. Ang nakita lamang nila ay ang krus at ang dugu-duguang Biktima niyon. Ang hinaharap ay waring madilim sa kawalang-pag-asa. Naglaho ang kanilang pananampalataya kay Jesus; nguni't higit kailanman ay ngayon lalong napamahal sa kanila ang kanilang Panginoon. Di-kailanman nila naramdaman nang una ang Kaniyang kahalagahan, at ang pangangailangan nila ng Kaniyang pakikiharap.

Kahit na patay, ang bangkay ni Kristo ay naging mahalagang-mahalaga sa mga alagad Niya. Hinangad nilang bigyan Siya ng isang

marangal na paglilibing, nguni't hindi nila alam kung paano nila ito maisasagawa. Pagtataksil sa pamahalaang Romano ang kasalanang dahil dito hinatulan si Jesus, at ang mga taong hinahatulan ng kamatayan dahil sa kasalanang ito ay nakalaan sa isang libingang tangi nang inihanda para sa mga ganitong kriminal. Ang alagad na si Juan at ang mga babaeng buhat sa Galilea ay nagpaiwan sa tabi ng krus. Hindi nila mapabayaan ang bangkay ng kanilang Panginoon na hawakan ng walang-pakundangang mga kawal, at ilibing sa isang hamak na libingan. Gayunma'y wala naman silang magawa upang ito'y mahadlangan. Hindi sila makahingi ng tulong sa mga maykapangyarihang Hudyo, at wala naman silang impluwensiya kay Pilato. [1127]

Sa kagipitang ito, ay dumating si Jose na taga-Arimathea, at si Nicodemo upang tumulong sa mga alagad. Ang dalawang lalaking ito ay kapuwa mga kagawad ng Sanedrin, at kakilala ni Pilato. Kapwa sila mayaman at maimpluwensiya. Ipinasiya nilang ang bangkay ni Jesus ay dapat bigyan ng isang marangal na paglilibing.

Buong tapang na lumapit si Jose kay Pilato, at nakiusap na ibigay sa kaniya ang bangkay ni Jesus. Ngayon lamang sa pagkakataong ito, naalaman ni Pilato na si Jesus ay patay na nga. Nagkakasalungatan ang mga balitang dumating sa kaniya tungkol sa mga pangyayaring naganap sa pagpapako sa krus, nguni't ang pagkamatay ni Kristo ay sadyang inilihim sa kaniya. Si Pilato ay binabalaan na ng mga saserdote at mga pinuno na baka siya'y dayain ng mga alagad ni Kristo tungkol sa Kaniyang katawan o bangkay. Nang marinig niya ang kahilingan o pakiusap ni Jose, ay ipinatawag nga niya ang senturyon na nangangasiwa sa krus, at dito niya nalamang patay na nga si Jesus. Dito rin niya natamo ang ulat tungkol sa mga nangyari sa Kalbaryo, na nagpapatibay sa patotoo ni Jose.

Ipinagkaloob ang kahilingan ni Jose. Samantalang si Juan ay nagaalaala tungkol sa paglilibingan ng kaniyang Panginoon, dumating naman si Jose na dala ang pahintulot ni Pilato tungkol sa bangkay ni Kristo; at dumating din si Nicodemo na may dalang mamahaling ungguwento na pinaghalong mira at aloe, na sandaang libra ang timbang, upang gamitin sa pag-eembalsama kay Jesus. Ang pinakadakila sa buong Jerusalem ay hindi higit na naparangalan nang gayon sa kaniyang kamatayan. Nagtaka ang mga alagad na makita ang mayayamang pinunong ito ng bayan na may malaking

hangad na maparangalan ang libing ng kanilang Panginoon na tulad din naman nila.

[1128] Sinuman kay Jose at kay Nicodemo ay hindi lanta- rang tumang-
[1129] gap sa Tagapagligtas nang Siya ay nabubuhay pa. Batid nilang ang gayong hakbang ay magiging daan ng pagkatiwalag nila sa Sanedrin, at hangad nilang maipagsanggalang Siya sa pamamagitan ng kanilang impluwensiya sa mga pagpupulong nito. May isang panahong wari'y nagtatagumpay sila; nguni't nang makita ng mga tusong saserdote na may pagtingin sila kay Kristo, ay sinalungat ng mga ito ang kanilang mga panukala. Nang sila'y wala sa kapulungan ay hinatulan ng mga ito si Jesus at ibinigay upang ipako sa krus. Ngayong Siya ay patay na, ay hindi na nila ikinubli pa ang kanilang pagkakaugnay sa Kaniya. Samantalang nangingilag ang mga alagad na hayagang magpakilalang sila'y mga tagasunod Niya, buong tapang namang dumating sina Jose at Nicodemo upang tumulong sa kanila. Ang tulong ng maya-yaman at mararangal na lalaking ito ay lubhang kailangan sa panahong ito. Nakagawa sila sa kanilang patay na Panginoon ng bagay na hinding-hindi magagawa ng mga aba't dukhang alagad; at sa isang malaking sukat, ay naipagsanggalang ng kanilang kayamanan at impluwensiya ang mga alagad sa galit ng mga saserdote at mga pinuno.

Marahan at magalang na ibinaba nila mula sa krus ang bangkay ni Jesus. Nangag-unahang pumatak ang mga luha ng kanilang pagmamahal at pakikiramay nang makita nila ang sugatan at bugbog Niyang katawan. Si Jose ay may isang bagong libingang hinukay sa isang malaking bato. Ito'y itinaan niya para sa kaniyang sarili; nguni't ito'y malapit sa Kalbaryo, kaya't ito ang inihanda niya ngayon para kay Jesus. Ang bangkay ng Manunubos, kasama ang mga espesyang dala ni Nicodemo, ay maingat na binalot sa isang kayong lino, at dinala sa libingan. Doo'y inayos at inunat ng tatlong alagad ang mga paang sugatan, at ang bugbog na mga kamay ay kanilang ipinatong sa ibabaw ng di-tumitibok na dibdib. Nagdatin-
[1130] gan naman ang mga babaeng taga-Galilea upang gawin ang lahat nilang dapat gawin sa malamig nang bangkay ng minamahal nilang Guro. Pagkatapos ay iginulong nila sa bunganga ng libingan ang isang malaking bato, at iniwan nilang namamahinga ang Tagapagligtas. Mga babae ang huling naiwan sa krus, at sila rin ang huling naiwan sa libingan ni Kristo. Bagama't lumalaganap na ang dilim ng

gabi, si Maria Magdalena at ang iba pang Maria ay matagal-tagal pa ring nanatili sa dakong pinagpapahingahan ng kanilang Panginoon, na buong kalumbayang nagsisitangis dahil sa sinapit na kapalaran Niyaong kanilang minamahal. "At sila'y nagsiuwi, ... at nang araw ng Sabbath sila'y nangagpahinga ayon sa utos." Lukas 23:56.

Ang Sabbath na yaon ay di-kailanman malilimutan sa ganang nagdadalamhating mga alagad, ay gayundin naman sa ganang mga saserdote, mga pinuno, mga eskriba, at mga tao. Paglubog ng araw noong gabi ng araw ng paghahanda ay hinipan ang mga pakakak, na ipinahihi-watig na nagsimula na ang Sabbath. Ipinagdiwang ang Paskuwa gaya ng ginawa na sa mga dantaong nakaraan, samantalang Siya na itinuturo nito ay pinatay ng tampalasang mga kamay, at namamahinga sa libingan ni Jose. Nang araw ng Sabbath ay napuno ang mga patyo ng templo ng mga magsisisamba. Naroon ang dakilang saserdote buhat sa Golgotha, na buong karilagang nararamtan ng mga damit saserdote. Naroon din ang mga saserdote ng naturbantihan ng puti, lipos ng kasiglahan, at gumaganap ng kanilang mga tungkulin. Nguni't ang ilang naroon ay hindi mapalagay nang inihahain na patungkol sa kasalanan ang dugo ng mga baka at kam bing. Hindi nila nalalaman na nagkatagpo na ang anino at ang inaaninuhan, na nagawa na ang walang-hanggang hain para sa mga kasalanan ng sanlibutan. Hindi nila batid na wala nang halaga ang pagsasagawa ng serbisyo ng paghahain. Datapwa't di-kailanman [1131]
nasaksihan nang una ang gayong serbisyo na may nagkakalaban-labang mga damdamin. Ang mga pakakak at ang mga instrumentong panugtog at ang mga tinig ng mga mang-aawit ay malakas at malinaw na gaya ng dati. Nguni't may kakatwang pakiramdam na naghahari sa lahat. Isa't isa'y nagtatanong tungkol sa kakatwang pangyayaring naganap. Dati-rati ang kabanal-banalang dako ay buong kabanalang iningatang huwag mapasok ng sinuman. Subali't ngayo'y lantad na Jantad ito sa lahat ng mata. Ang makapal at malapad na tabing, na yari sa dalisay na lino, at buong kariktang nilagyan ng ginto, eskarlata, at ku-lay-ubi, ay nahapak buhat sa itaas hanggang sa ibaba. Ang dakong doon nakipagtagpo si Jehoba sa dakilang saserdote, upang magbahagi ng Kaniyang kaluwalhatian, ang dakong dati'y banal na silid na doon nakikipagusap ang Diyos, ay nalantad na sa paningin ng lahat— isang dakong hindi na kinikilala ng Panginoon. Taglay ang malungkot na pag-aalapaap ng kaloobang

nagsipag-lingkod ang mga saserdote sa harap ng dambana. Ang pagkakalantad ng banal na hiwaga ng kabanal-banalang dako ay lumipos sa kanila ng pagkasindak sa dumarating na kapahamakan.

Maraming diwa ang nagsipag-isip na mabuti dahil sa mga tagpong nasaksihan sa Kalbaryo. Buhat sa pag-papako sa krus hanggang sa pagkabuhay na mag-uli ay maraming matang nagsipagpuyat ang walang-lagot na nagsipagsaliksik ng mga hula, ang ilan ay upang maalaman ang ganap na kahulugan ng kapistahang kanila noong ipinagdiriwang, aug ilan naman ay upang humanap ng katibayan na si Jesus ay hindi ang gaya ng ina-angkin Niya; at ang iba pa ay malungkot na naghahanap ng mga katibayan na Siya nga ang tunay na Mesiyas. Bagama't sila'y nagsisipagsaliksik na may magkakaibang mga layunin, lahat naman sila'y nagsipaniwala sa
[1132] iisang katotohanan—na ang hula ay natupad sa mga nangyari ng nakaraang ilang araw, at ang Isang Ipinako sa krus ay siya ngang Manunubos ng sanlibutan. Ang maraming nakisama sa serbisyo ng paskuwang iyon ay hindi na muli pang nakisama kailanman. Maging sa mga saserdote ay marami ang namwala sa tunay na likas ni Jesus. Hindi nasayang ang pagsasaliksik nila sa mga hula, at nang Siya'y mabuhay nang mag-uli ay kinilala nilang Siya nga ang Anak ng Diyos.

Nang makita ni Nicodemo si Jesus na nakabayubay sa krus, ay naalaala niya ang mga salitang binigkas Nito isang gabi sa Bundok ng mga Olibo: "Kung paanong itinaas ni Moises sa ilang ang ahas, ay gayon kinakaila ngang itaas ang Anak ng tao: upang ang sinumang sumampalataya sa Kaniya ay huwag mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang-hanggan." Juan 3:14, 15. Nang Sabbath na iyon, nang si Kristo'y nakahiga sa libingan, ay, nagkaroon si Nieodemo ng pagkakataong makapagbulay-bulay. Ngayon lalong naliwanagan ang kaniyang isip, at ang mga salitang sinabi ni Jesus sa kaniya ay hindi na naging mahiwaga pa. Naramdaman niyang malaki ang nawala sa kaniya sa di niya pakikisama sa Tagapagligtas noong Ito'y nabubuhay pa. Ngayo'y naalaala niya ang mga nangyari sa Kalbaryo. Ang panalangin ni Kristo sa mga nagsipatay sa Kaniya at ang sagot Niya sa kahilingan ng magnanakaw na malapit nang mamatay ay nagsalita sa puso ng marunong na kagawad ng Sanedrin. Muli niyang pinagmasdan ang Tagapagligtas sa paghihirap Nito; muli niyang narinig ang huling sigaw na

yaon, "Naganap na," na binigkas ng tulad sa mga salita ng isang mananagumpay. Muli niyang minasdan ang gumigiray na lupa, ang nagdilim na kalangitan, ang nahapak na tabing, ang natibag na mga bato, at ang pananampalataya niya ay nagtibay na magpaka-ilan-
man. Ang pangyayari mismo na nagwasak sa mga pag-asa ng mga [1133]
alagad ay siyang nakakumbinsi naman kay Jose at kay Nicodemo sa pagka-Diyos ni Jesus. Ang kanilang mga pag-aalaala o mga pangamba ay dinaig ng tapang ng isang matibay at di-nag-uulik-ulik na pananam-palataya.

Di-kailanman nakaakit si Kristo ng pansin ng karamihan nang gayon na lamang na di gaya ngayong Siya'y namamahinga na sa libingan. Ayon sa kanilang kinagawiang gawin, dinala ng mga tao sa mga patyo ng templo ang kanilang mga maysakit at mga nahihirapan, na nagtatanong, Sino ang makapagsasabi sa amin kung saan naroon si Jesus na taga-Nazareth? Marami ang nagsi-panggaling pa sa malalayo upang hanapin Siya na nag-pagaling ng mga maysakit at bumuhay ng mga patay. Sa magkabi-kabila ay naririnig ang sigaw, Kailangan namin si Kristong Manggagamot! Sa pagkakataong ito ang mga inaakalang may mga tanda ng ketong ay sinuri ng mga saserdote. Marami ang napilitang pakinggan ang pahayag na ang kanilang mga asawa o mga anak ay mga ketongin, at kailangang umalis ng kanilang mga tahanan at iwan ang pag-aalaga ng kanilang mga kaibigan, upang babalaan ang ibang tao sa pamamagitan ng nakahahapis na sigaw na, "Marumi, marumi!" Ang maibiging mga kamay ni Jesus na taga-Nazareth, na di-kai-lanman tumangging hipuin ang nakaririmarim na ketong na taglay ang pagpapagaling, ay nakatiklop na nga yon sa ibabaw ng Kaniyang dibdib. Tahimik na rin ngayon ang mga labing tumugon sa kaniyang kahilingan sa pamamagitan ng nakaaaliw na mga salitang, "Ibig Ko; luminis ka" (Mateo 8:3). Marami ang nakiusap sa mga punong saserdote at mga pinuno na sila'y damayan at lunasan, nguni't walang nangyari. Maliwanag na sila'y nagpipilit na mapasagitna nilang muli ang buhay na Kristo. Taglay ang masigasig na pagpipilit na hiningi nila
Siya. Hindi sila mapaalis-alis. Gayunma'y naipagtabuyan din sila [1134]
mula sa mga patyo ng templo, at naglagay ng mga kawal sa mga pintuan upang mahadlangan at mapigil ang pagpasok ng karamihang may mga kasamang maysakit at mga naghihingalo.

Ang mga may karamdamang nagsiparoon upang pagalingin ng Tagapagligtas ay nanlumo sa kanilang pagkabigo. Napuno ang mga lansangan ng mga nagsisitangis. Nangamamatay ang mga maysakit dahil sa wala ang nagpapagaling na hipo ni Jesus. Nawalan ng kabuluhan ang pagsangguni sa mga manggagamot; walang dalubhasang tulad Niyaong nakahimlay sa libingan ni Jose.

Ang mga sigaw ng panangis at daing ng mga maysakit ay naghatid sa mga pag-iisip ng mga libu-libo ng paniniwala ng isang dakilang liwanag ang nawala sa sanlibutan. Kung wala si Kristo, ang lupa ay panay na itim at dilim. Marami sa mga tinig na sumigaw ng "Ipako Siya sa krus, ipako Siya sa krus," ay nangakadama ngayon sa kapahamakan na sumapit sa kanila, at buong sigasig na nanaisin nilang sumigaw ng, Ibigay ninyo sa amin si Jesus! Kung Siya lamang ay buhay pa sana.

Nang maalaman ng mga taong si Jesus ay ipinapatay ng mga saserdote, ay inusisa nila ang tungkol sa Kaniyang pagkamatay. Ang mga bagay na ginawa sa paglilitis sa Kaniya ay pinagsikapang mailihim; nguni't sa loob ng panahong Siya'y nasa libingan, ay nagpalipat-lipat sa libu-libong mga labi ang Kaniyang pangalan, at ang mga balita tungkol sa pakunwaring paglilitis na ginawa sa Kaniya, at ang di-makataong inasal ng mga saserdote at mga pinuno, ay lumaganap sa lahat ng dako. Ipinatawag ng matatalinong tao ang mga saserdote at mga pinunong ito upang ipaliwanag sa kanila ang mga hula ng Matandang Tipan tungkol sa Mesiyas, at samantalang sila'y nagsisikap na bumalangkas ng kabulaanan sa kanilang pagsagot, ay sila'y naging tulad sa mga taong baliw. Ang mga hulang nakaturo sa
[1135] mga paghihirap at pagkamatay ni Kristo ay hindi nila naipaliwanag, at marami sa mga nagtatanong ang nagsipaniwalang natupad nga ang mga Kasulatan.

Ang paghihiganting ang akala ng mga saserdote ay magiging lubhang matamis ay mapait na sa kanila ngayon. Batid nilang nasasagupa nila ang mahigpit na pula ng bayan; batid nilang ang mga taong inimpluwensiyahan nila upang magalit kay Jesus ay sindak na sindak ngayon dahil sa kahiya-hiya nilang ginawa. Pinagsikapan ng mga saserdote na paniwalaang si Jesus ay isang magdaraya; nguni't walang nangyari. Ilan sa mga ito ang nagsitayo sa may libingan ni Lazaro, at naka-kita sa patay na muling binuhay. Nanginig sila dahil sa takot na baka si Kristo'y magbangon mula sa mga patay,

at muling pakita sa harap nila. Narinig nila ang sinabi Niyang Siya ay may kapangyarihang magbigay sa Kaniyang buhay at may kapangyarihan ding kunin ito uli. Nagunita nila na sinabi Niya, "Igiba ninyo ang templong ito, at Aking itatayo sa tatlong araw." Juan 2:19. Sinabi sa kanila ni Judas ang mga pangungusap na sinalita ni Jesus sa mga alagad nang sila'y nasa huli nilang paglalakbay patungong Jerusalem: "Narito, nagsisiahon tayo sa Jerusalem; at ibibibigay ang Anak ng tao sa mga pangulong saserdote at sa mga eskriba, at kanilang hahatulang Siya'y patayin, at ibibigay Siya sa mga Hentil upang Siya'y kanilang alimurahin, at upang hampasin, at upang Siya ay ipako sa krus: at sa ikatlong araw ay Siya'y magbabangong muli." Mateo 20:18, 19. Nang marinig nila ang mga salitang ito, sila'y nanlibak at nanuya. Datapwa't ngayon ay naalaala nila na ang mga hula ni Kristo ay nangatupad na. Sinabi Niyang Siya'y magbabangon sa ikatlong araw, at sino ang makapagsasabing ito'y hindi rin mangyayari? Hinangad nilang iwaksi ang mga isipang
ito, nguni't hindi nila magawa. Sila'y katulad ng kanilang amang [1136]
diyablo, na nagsisampalataya at nagsipanginig.

Ngayong lumipas na ang sidhi ng alingasngas, bigla na lamang sumusulpot sa kanilang mga isip ang larawan ni Kristo. Parang nakikita nila Siya na nakatayong tahimik at di-dumaraing sa harap ng Kaniyang mga kaaway, na nagbabata nang hindi man lamang nagbubuka ng bibig sa kanilang mga pangungutya at pagmamalabis. Lahat ng mga nangyari sa paglilitis sa Kaniya at pag-papako sa Kaniya sa krus ay nagbalik sa kanilang ala-ala nang may nakapangyayaring paniniwala na Siya ay Anak nga ng Diyos. Nadama nilang sa anumang oras o panahon ay maaaring tumayo Siya sa harap nila, upang Siya na isinakdal ay maging siyang tagapagsakdal, Siya na hinatulan ay siya namang hahatol, at Siya na pinatay ay hihingi ng katarungan na patayin ang mga nagsipatay sa Kaniya.

Bahagya na silang nakapamahinga sa araw ng Sabbath. Bagama't ayaw nilang lumakdaw sa nasasakupan ng isang Hentil dahil sa pangambang sila ay marumhan, gayunma'y nagdaos pa rin sila ng pulong tungkol sa katawan ni Kristo. Siya na kanilang ipinako sa krus ay dapat mapigil ng kamatayan at ng libingan. "Nangag-katipon kay Pilato ang mga pangulong saserdote at ang mga Pariseo, na nagsisipagsabi, Ginoo, naaalaala namin na sinabi ng magdarayang yaon nang Siya'y nabubuhay pa, Pagkaraan ng tatlong

araw ay magbabangon Akong muli. Ipag-utos mo nga na ingatan ang libingan hang-gang sa ikatlong araw, baka sakaling magsipa-roon ang Kamyang mga alagad sa gabi at Siya'y nakawin, at sabihin sa bayan, Siya'y nagbangon mula sa mga patay: sa gayo'y lalong sasama ang huling kamalian kaysa una. Sinabi sa kanila ni Pilato, Mayroon kayong bantay: Magsiparoon kayo, inyong ingatan ayon
[1137] sa inyong makaka-ya." Mateo

Nagbigay ng mga tagubilin ang mga saserdote upang maingatan ang libingan. Isang malaking bato ang inilagay sa bunganga nito. Pabalagbag sa batong ito ay naglagay sila ng mga lubid, na ang mga dulo'y itinali nila sa solidong bato, at tinatakan nila ang mga ito ng tatak ng Roma. Ang bato ay hindi magagalaw nang hindi masisira ang tatak. Pagkatapos nito'y naglagay sila ng bantay na sandaang kawal sa palibot ng libingan upang ito'y huwag mapakialaman o magalaw. Ginawa ng mga saserdote ang buong makakaya nila upang mapanatili ang katawan o bangkay ni Kristo sa lugar na kinalalagyan nito.

Ganyan kung magsanggunian at magpanukala ang mahihinang mga tao. Bahagya nang nadama ng mga mamamatay-taong ito ang kawalang-saysay ng kanilang mga pagsisikap. Nguni't sa kanilang ginawa ay naluwalhati ang Diyos. Ang mga pagsisikap na ginawa nila upang mahadlangan ang pagkabuhay na mag-uli ni Kristo ay siyang lalong kapani-paniwalang mga argumento na nagpa-patunay dito. Kapag lalong marami ang bilang na inilagay sa palibot ng libingan, lalo namang lumalakas o tumitibay ang patotoo na Siya ay nabuhay na mag-uli. Mga daang taon pa bago namatay si Kristo, ay sinabi na ng Espiritu Santo sa pamamagitan ng mang-aawit ang ganito, "Bakit ang mga bansa ay nangagugulo, at ang mga bayan ay nangag-aakala ng walang-kabuluhang bagay? Ang mga hari sa lupa ay nagsisihanda, at ang mga pinuno ay nagsasanggunian, laban sa Panginoon, at laban sa Kaniyang pinahiran ng langis. ... Siyang nau-upo sa kalangitan ay tatawa: ilalagay sila ng Panginoon sa kakutyaan." Awit 2:1-4. Walang kapangyarihan ang mga bantay na Romano at ang mga sandata ng Roma upang mapanatili sa loob ng libingan ang Panginoon ng buhay. Malapit na ang oras ng Kaniyang
[1138] paglaya.

# Kabanata 81—“Nagbangong Muli ang Panginoon”

Ang kabanatang ito ay batay sa Mateo 28:2-4, 11-15.

Ang gabi ng unang araw ng sanlinggo ay dahan-dahang lumipas. Ang pinakamadilim na sandali, bago magbukang-liwayway, ay dumating. Si Kristo ay nabibi-langgo pa rin sa loob ng Kaniyang makitid na libingan. Ang malaking bato ay nakalapat pa rin sa kinalalagyan nito; hindi pa nasisira ang tatak ng Roma; at nananatiling nangagbabantay ang mga kawal na Romano. At doo’y may mga nagbabantay na di-nakikita. Nangaka-paligid sa dakong yaon ang mga hukbo ng masasamang mga anghel. Kung mangyayari nga lamang, ay nais ng prinsipe ng kadiliman at ng kaniyang tumalikod na hukbo ng mga anghel na mapamalagi na sanang nakukulong sa loob ng libingan ang Anak ng Diyos. Nguni’t isang hukbo ng mga anghel sa langit ang nangakapalibot sa libingan. Mga anghel na nakahihigit sa kalakasan ang nangagbabantay sa libingan, at nangaghihintay sa paglabas ng Prinsipe ng buhay.

“At narito, lumindol nang malakas: sapagka’t bumaba mula sa langit ang isang anghel ng Panginoon.” Nararamtan ng kaluwalhatian ng Diyos, ang anghel na ito ay nagmula sa mga bulwagan ng kalangitan. Ang makikislap na sinag ng kaluwalhatian ng Diyos ay [1139]
nagpauna sa kaniya, at niliwanagan ang kaniyang dinaraanan. “Ang kaniyang mukha ay tulad sa kidlat, at ang kaniyang pananamit ay maputing parang niyebe: at sa takot sa kaniya’y nagsipanginig ang mga bantay, at nangaging tulad sa mga taong patay.”

Kayong mga saserdote at mga pinuno, saan naroon ngayon ang kapangyarihan ng inyong bantay? Ang mga matatapang na kawal na di-kailanman natakot sa kapangyarihan ng tao ay ngayo’y naging gaya ng mga bihag na nagapi nang walang tabak o sibat. Ang mukhang tinitingnan nila ay hindi mukha ng mandirigmang makamatayan; iyon ay mukha ng pinakamalakas sa hukbo ng Panginoon. Ang sugong ito ay siyang humalili sa tungkuling kinahulugan ni Satanas. Ito yaong sa mga burol ng Bethlehem ay nagtanyag ng pagka-

panganak kay Kristo. Yumayanig ang lupa sa kaniyang paglapit, tumatakas ang mga hukbo ng kadiliman, at habang iginugulong niya ang bato, ay wari manding ang langit ay bumababa sa lupa. Nakita siya ng mga kawal nang inaalis niya ang bato na tulad ng gagawin niya sa isang maliit na bato, at narinig nilang siya'y sumigaw, Anak ng Diyos, lumabas Ka; tinatawag Ka ng Iyong Ama. Nakita nilang si Jesus ay lumabas mula sa libingan, at narinig nilang Siya'y nagwika sa ibabaw ng nabuksang libingan, "Ako ang pagkabuhay na mag-uli, at ang kabuhayan." Sa Kaniyang paglabas na may kamaharlikaan at kaluwalhatian, ang hukbo ng mga anghel ay nagsiyukod na sumasamba sa harap ng Manunubos, at binati Siya sa pamamagitan ng mga awit ng pagpupuri.

Isang lindol ang naging tanda ng sandaling ialay ni Kristo ang Kaniyang buhay, at isa ring lindol ang sumaksi nang sandaling kunin Niya itong muli na may pagtatagumpay. Siya na nagtagumpay laban
[1140] sa kamatayan at sa libingan ay lumabas sa libingan na may yabag ng
[1141] isang mananagumpay, sa gitna ng pagyanig ng lupa, ng pagkislap ng kidlat, at ng pagdagundong ng kulog. Pagparito Niyang muli sa lupa, ay yayanigin Niya "hindi lamang ang lupa kundi pati ng langit." "Ang lupa ay gigiray na parang lango, at mauuga na parang dampa." "Ang mga langit ay mababalumbong parang isang ikid;" "ang mga bagay sa langit ay mapupugnaw sa matinding init, at ang lupa at ang mga gawang nasa lupa ay pawang masusunog." Subali't "ang Panginoon ay magiging kanlungan (pag-asa) sa Kaniyang bayan, at katibayan (kalakasan) sa mga anak ni Israel." Hebreo 12:26; Isaias 24:20; 34:4; 2 Pedro 3:10; Joel 3:16.

Nang mamatay si Jesus ay nakita ng mga kawal na ang lupa ay nabalot ng dilim sa katanghaliang-tapat; nguni't nang Siya'y mabuhay na mag-uli ay nakita nilang lumiliwanag sa kadiliman ng gabi ang kaningningan ng mga anghel, at narinig nilang nagsisiawit na may kagalakan at pagtatagumpay ang mga tumatahan sa langit: Iyong dinaig si Satanas at ang mga kapangyarihan ng kadiliman; Iyong nilamon ang kamatayan sa pagtata-gumpay!

Lumabas si Kristo mula sa libingan na maluwalhati, at nakita Siya ng bantay na kawal ng Roma. Napabaling ang kanilang mga mata sa mukha Niyaong kamakailan lamang ay kanilang nilibak at kinutya. Sa naluwalhating Personang ito ay namasdan nila ang bilanggong kanilang nakita sa bulwagan ng hukuman, na Siya nilang

nilagyan ng koronang tinik. Ito nga Siya na tumayong di-lumalaban sa harap nina Pilato at Herodes, na ang katawan ay pinagsugat ng malupit na panghampas. Ito nga Siya na ipinako sa krus, na siyang sa lubos na kasiyahan sa sarili ng mga saserdote at mga pinuno, ay tinangu-tanguan nila ng kanilang mga ulo, na sinasabi, “Nagligtas Siya sa mga iba; sa Kaniyang sarili ay hindi makapagligtas.” Mateo 27:42. Ito nga Siya na inilibing sa bagong libingan ni Jose. Utos ng [1142]
langit ang nagpalaya sa bihag. Pagpatung-patungin man ang mga bundok sa ibabaw ng Kaniyang libingan ay hindi rin makapipigil sa Kaniyang paglabas.

Pagkakita ng kawal na Romano sa mga anghel at sa naluwalhating Tagapagligtas ay nahandusay silang tulad sa mga taong patay. Nang mawala na sa kanilang paningin ang mga anghel sa langit, ay nagsitindig sila, at ayon sa bilis na maibibigay ng nagsisipanginig nilang mga paa, ay nagmamadali silang nagsilabas sa pintuan ng halamanan. Pasuray-suray na tulad ng mga taong lasing, silay nagmamadaling nagtungo sa lungsod, na isinasaysay sa mga nakakasalubong nila ang kagila-gilalas na balita. Patungo sila kay Pilato, nguni’t ang balita nila ay nakasapit na sa mga pinunong Hudyo, at kaya nga ipinatawag sila ng mga pangulong saserdote at ng mga pinuno upang sila’y madala muna sa harapan ng mga ito. Kakatwa ang anyo ng mga kawal nang humarap ang mga ito. Nanginginig sa takot, at namumutla ang mga mukhang pinatotohanan nila ang pagkabuhay na mag-uli ni Kristo. Ipinagtapat na lahat ng mga kawal ang kanilang nakita; wala na silang panahon upang magisip o magsalita ng anumang bagay kundi katotohanan. Naghihirap sa pagbigkas na sinabi nila, Anak nga ng Diyos ang ipinako sa krus; narinig namin ang isang anghel na itinanyag Siya bilang ang Hari ng langit, ang Hari ng kaluwalhatian.

Ang mga mukha ng mga saserdote ay naging gaya ng sa mga patay. Sinikap ni Caifas na magsalita. Gumalaw ang kaniyang mga labi, nguni’t walang salitang lumabas. Aalis na sana ang mga kawal sa silid na pinagpupulungan, nang isang tinig ang pumigil sa kanila. Nakapagsalita rin sa wakas si Caifas. Hintay, hintay, wika niya. Huwag ninyong ipamalita kaninuman ang inyong nakita. [1143]

Pagkatapos ay isang balitang kasinungalingan ang ibinigay sa mga kawal. “Sabihin niyo,” wika ng mga saserdote, “nagsiparito nang gabi ang Kaniyang mga alagad, at Siya’y kanilang ninakaw

samantalang kami'y nangatutulog." Dito lumampas ang mga saserdote. Paano masasabi ng mga kawal na ninakaw ng mga alagad ang bangkay samantalang sila'y nangatutulog? Kung sila'y nangatutulog, paano nila malalaman? At kung mapatuna-yan ngang ninakaw ng mga alagad ang bangkay ni Kristo hindi ba ang mga saserdote ang unang-unang hahatol sa kanila? 0 kung nangatulog nga sa libingan ang mga bantay, hindi ba ang mga saserdote ang unang-unang magsusumbong sa kanila kay Pilato?

Nasindak ang mga kawal nang maisip nilang sila'y mapararatangang natulog sa panahon ng pagtupad ng tungkulin. Ito ay isang pagkakasalang pinarurusahan ng kamatayan. Sila ba'y magbubulaan, na dadayain ang mga tao, at isasapanganib ang sarili nilang mga buhay? Hindi ba sila'y talagang nagpuyat at nagpagal sa pagbabantay? Paano sila makatatayo sa paglilitis, kahit na alang-alang sa salapi, kung sarili na rin nila ang magsi-sinungaling?

Upang mapatahimik ang patotoong kanilang pinanga-ngambahan, ipinangako ng mga saserdote ang kaligtasan ng bantay, at sinabing si Pilato man ay hindi maghahangad na kumalat ang gayong balita. Ipinagbili ng mga kawal na Romano sa mga Hudyo ang kanilang integridad o katapatan dahil sa salapi. Nagsiharap sila sa mga saserdote na taglay-taglay ang kagimbal-gimbal na pabalita ng katotohanan; nagsilabas silang taglay-taglay ang salapi, at nasa kanilang mga dila ang sinungaling na balitang binalangkas para sa kanila ng mga saserdote.

Samantala'y nakarating na kay Pilato ang balita tungkol sa pagkabuhay na mag-uli ni Kristo. Bagama't si Pilato ang may ka-
[1144] panagutan sa pagkakabigay kay Kristo upang patayin, winawalang-anuman niya ito. Bagama't bantulot ang loob niya nang hatulan niya ang Tagapag-ligtas, at nakakaramdam pa siya ng pagkaawa, hanggang ngayon nama'y wala pa siyang nadaramang tunay na pagkabalisa at pagsisisi. Sa takot niya'y nagkulong siya sa loob ng kaniyang bahay, at ayaw niyang makipagkita kaninuman. Nguni't nakapasok din at nakaharap sa kaniya ang mga saserdote, isinalaysay ng mga ito ang kuwentong gawa-gawaan nila, at nakiusap sa kaniyang huwag nang pansinin ang pagkakapagpabaya ng mga bantay sa kanilang tungkulin. Bago niya ito sinang-ayunan lihim na niyang tinanong ang bantay. Palibhasa'y ina-alaala ang sarili nilang kaligtasan, wala silang inilihim na anumang bagay, at nabatid ni Pilato sa kanila ang

buong ulat ng lahat ng mga nangyari. Hindi na niya inusig pa ang bagay na iyon, subali't buhat noon ay hindi na siya nagkaroon ng kapayapaan.

Nang si Jesus ay ilagak sa libingan, ay nagtagumpay si Satanas. Pinangaliasan niyang asahan na hindi na muling mabubuhay ang Tagapagligtas. Inangkin niya ang bangkay o katawan ng Panginoon, at naglagay siya ng kaniyang bantay sa paligid ng libingan, sa pagsisikap na mapamalaging bilanggo sa loob nito si Kristo. Galit na galit siya nang magsitakas ang kaniyang mga anghel nang dumating na at lumapit ang sugo ng langit. Nang makita niyang si Kristo'y lumabas na may pagtatagumpay, natalastas niyang magkakawakas na ang kaniyang kaharian, at siya'y mamamatay sa wakas.

Nang ipapatay ng mga saserdote si Kristo, ay napa-kasangkapan sila kay Satanas. Ngayo'y lubusan na silang nasa kapangyarihan niya. Nasilo na sila sa isang bitag na hindi na nila malalabasan at wala na silang magagawa pa kundi ang magpatuloy na lamang sa pakikipagbaka laban kay Kristo. Nang mabalitaan nila ang tungkol sa Kaniyang pagkabuhay na mag-uli, ay kinatakutan nila ang galit [1145]
ng mga tao. Nadama nilang nanganganib ang sarili nilang mga buhay. Ang tanging pag-asa nila ay ang patunayang si Kristo ay isang impostor o magdaraya sa pamamagitan ng pagkakailang Siya ay nabuhay na mag-uli. Sinuhulan nila ang mga kawal, at sinikap na patahimikin si Pilato. Pinalaganap nila ang kanilang mga balitang kasinungalingan sa malayo at sa malapit. Nguni't may mga saksing hindi nila napatahimik. Marami ang nakarinig ng patotoo ng mga kawal tungkol sa pagkabuhay na mag-uli ni Kristo. At may mga patay na nabuhay at lumabas na kasabay ni Kristo na nagpakita sa marami, at ang mga ito'y nagsipagpahayag na Siya'y nagbangon ngang muli. Dumating sa mga saserdote ang mga balita tungkol sa mga taong nakakita sa mga nabuhay na muling ito, at nakarinig ng kanilang patotoo. Lagi nang kakaba-kaba ang dibdib ng mga saserdote at mga pinuno, baka sa paglalakad nila sa mga lansangan, o sa loob man ng sarili nilang mga tahanan, ay makita nila nang harapan si Kristo. Nadama nilang walang ligtas na dako para sa kanila. Ang mga aldaba at mga baras na pantrangka ay mahihinang pananggalang laban sa Anak ng Diyos. Araw at gabi ay laging parang nasa harap nila ang nakapangingilabot na tagpo sa bulwagan ng hukuman, nang sumigaw sila ng, "Mapasaamin ang Kaniyang

dugo, at sa aming mga anak." Mateo 27:25. Hinding-hindi na mapapawi sa kanilang mga pag-iisip ang alaala ng tagpo o tanawing yaon. Hinding-hindi na rin sila makakatulog nang buong kapayapaan.

Nang marinig sa libingan ni Kristo ang tinig ng makapangyarihang anghel, na nagsasabi, Tinatawag Ka ng Iyong Ama, ay lumabas sa libingan ang Tagapagligtas sa pamamagitan ng buhay na nasa Kaniyang sarili. Ngayon ay napatunayan ang katotohanan ng Kaniyang mga salita, "Ibinibigay Ko ang Aking buhay, upang kunin
[1146] Kong muli. ... May kapangyarihan Akong magbigay nito, at may kapangyarihan Akong kumuhang muli." Ngayon ay natupad ang hulang sinabi Niya sa mga saserdote at mga pinuno, "Igiba ninyo ang templong ito, at Aking itatayo sa tatlong araw." Juan 10:17, 18; 2:19.

Sa ibabaw ng nabiyak na libingan ni Jose ay buong pagtatagumpay na itinanyag ni Kristo, "Ako ang pagkabuhay na mag-uli, at ang kabuhayan." Diyos lamang ang makapagsasalita ng mga pangungusap na ito. Lahat ng mga nilalang na kinapal ay nabubuhay sa pamamagitan ng kalooban at kapangyarihan ng Diyos. Sila'y mga nagsisiasang tumatanggap sa Diyos ng buhay. Mula sa kataastaasang seratin hanggang sa pinakaabang nilalang na may buhay, lahat ay masaganang tumatanggap ng buhay mula sa Bukal ng buhay. Siya lamang na kapareho ng Diyos ang makapagsasabing, Ako'y may kapangyarihang magbigay ng Aking buhay, at Ako'y may kapang-yarihang kunin itong muli. Sa Kaniyang pagka-Diyos, ay nag-aangkin si Kristo ng kapangyarihang lumagot ng mga tali ng kamatayan.

Nagbangon si Kristo mula sa mga patay bilang pang unang bunga niyaong mga nangatutulog. Siya ang sina-gisagan ng bigkis na inalog, at ang Kaniyang pagkabuhay na mag-uli ay nangyari nang araw na ang bigkis na inalog ay dapat dalhin sa harap ng Panginoon. Ginanap sa loob ng mahigpit na sanlibong taon ang masa gisag na seremonyang ito. Buhat sa pinag-aanihang mga bukid ay tinitipon ang mga unang hinog na uhay, at pagka ang mga tao ay umaahon sa Jerusalem para sa Paskuwa, ang bigkis ng mga pangunang bunga ay inaalog bilang isang handog na pasasalamat sa harap ng Panginoon. Hanggang hindi ito naihahandog ay hindi pa magagapas ang trigo, at matitipon upang mapagbigkis-bigkis. Ang bigkis na itinalaga o inihandog sa Diyos ay kumakatawan sa pag-aani. Kaya si Kris-

tong pangunang bunga ay kumakatawan sa malaking pag-aaning espirituwal na titipunin para sa kaharian ng Diyos. Ang Kaniyang [1147] pagkabuhay na mag-uli ay sagisag at pangako ng pagkabuhay na mag-uli ng lahat ng mga patay na matwid. "Sapagka't kung tayo'y nagsisisampalatayang si Jesus ay namatay at nabuhay na mag-uli, ay gayundin naman ang nangatutulog kay Jesus ay dadalhin ng Diyos na kasama Niya." 1 Tesalonica 4:14.

Nang magbangon si Kristo mula sa libingan, ay nagsama Siya ng isang karamihang mga bihag ng libingan. Ang lindol nang Siya'y mamatay ay siyang nagbukas ng kanilang mga libingan, at nang Siya'y magbangon, ay nagsilabas silang kasama Niya. Sila yaong naging mga kamanggagawa ng Diyos, na nagsipaghain ng kanilang mga buhay upang patunayan ang katotohanan. Ngayon sila'y magiging mga saksi Niya na bumuhay sa kanila mula sa mga patay.

Sa panahon ng ministeryo ni Jesus, ay bumuhay Siya ng patay. Binuhay Niya ang anak na lalaki ng balong babae sa Nain, at ang anak na dalaga ng pinunong si Jairo at si Lazaro. Nguni't ang mga binuhay na ito ay hindi nabihisan ng kawalang-kamatayan. Pagkatapos na sila'y ibangong muli, maaari pa rin silang mamatay. Datapwa't ang mga nagsilabas sa libingan nang si Kristo'y mabuhay na mag-uli ay pawang ibinangon sa buhay na walang-hanggan. Nagsiakyat sila sa langit na kasama Niya bilang mga tropeo ng Kaniyang pagtatagumpay laban sa kamatayan at sa libingan. Ang mga ito, wika ni Kristo, ay hindi na mga bihag ni Satanas; tinubos Ko na sila. Hinango Ko sila mula sa libingan bilang mga pangunang bunga ng Aking kapangyarihan, upang makasama Ko sa-anman ako naroroon, at upang hindi na makatikim pa ng kamatyan o makaranas man ng kalungkutan.

Ang mga ito ay nagsipasok sa lungsod, at napakita sa marami, na nagsisipagsabi, Si Kristo'y nagbangon mula sa mga patay, at kami'y ibinangon Niyang kasama Niya. Sa ganyan pinamalaging buhay ang [1148] banal na katotohanan ng pagkabuhay na mag-uli. Nangagpatotoo ang mga binuhay na banal sa katotohanan ng mga salitang, "Ang iyong mga patay ay mangabubuhay, ang Aking patay na katawan ay babangong kasama nila." Ang kanilang pagkabuhay na mag-uli ay isang larawan o halimbawa ng pagkatupad ng hulang, "Magsigising at magsiawit, kayong nagsisitahan sa alabok: sapagka't ang inyong

hamog ay gaya ng hamog ng mga damo, at iluluwa ng lupa ang mga patay." Isaias 26:19.

Sa sumasampalataya, si Kristo ay siyang pagkabuhay na maguli at ang kabuhayan. Sa pamamagitan ng ating Tagapagligtas ang buhay na nawala dahil sa kasalanan ay isinasauli; sapagka't Siya ay may buhay sa Kaniyang sarili upang bumuhay naman ng sinumang ibigin Niya. Taglay Niya ang karapatang magbigay ng kawalang-kamatayan. Ang buhay na inialay Niya sa sangkatauhan, ay kinukuha Niyang muli, at ibinibigay sa sangkatauhan. "Ako'y naparito," sabi Niya, "upang sila'y magkaroon ng buhay, at magkaroon ng kasaganaan nito." "Sinumang uminom ng tubig na sa kaniya'y Aking ibibigay ay hindi mauuhaw magpakailanman; nguni't ang tubig na sa kaniya'y Aking ibibigay ay magiging isang balon ng tubig na bubukal sa kabuhayang walang-hanggan." "Ang kumakain ng Aking laman, at umiinom ng Aking dugo, ay may buhay na walang-hanggan; at siya'y Aking ibabangon sa huling araw." Juan 10:10; 4:14; 6:54.

Sa sumasampalataya, ang kamatayan ay isang maliit na bagay. Ito'y sinasabi ni Kristong parang maigsing sandali. "Kung ang sinuman ay tutupad ng Aking salita, ay hindi siya makakakita magpakailanman ng kamatayan," "hindi niya matitikman magpakailanman ang kamatayan." Sa Kristiyano, ang kamatayan ay isang pagtulog lamang, isang sandali ng pananahimik at kadiliman. Ang buhay
[1149] ay natatagong kasama ni Kristo sa Diyos, at "pagka si Kristo, na ating buhay, ay mahayag, ay mahahayag nga rin kayo na kasama Niya sa kaluwalhatian." Juan 8:51, 52; Colosas 3:4.

Ang tinig sa krus na sumigaw ng, "Naganap na," ay narinig sa gitna ng mga patay. Naglagos ito sa mga pader ng mga libingan, at tinawag ang mga nangatutulog upang magsibangon. Ganyan din ang mangyayari pagka ang tinig ni Kristo ay narinig na mula sa langit. Ang tinig na yaon ay manunuot sa mga libingan at bubuksan ang mga tumba o mga puntod, at ang mga nangamatay kay Kristo ay magsisibangon. Nang mabuhay na mag-uli ang Tagapagligtas ay ilan lamang libingan ang nangabuksan, subali't sa Kaniyang ikalawang pagdating ang lahat ng mga mahahalagang patay ay makakarinig ng Kaniyang tinig, at sila'y magsisilabas sa buhay na maluwalhati at walang-kamatayan. Ang kapangyarihan ding yaon na bumuhay kay Kristo ay siyang bubuhay o magpapabangon sa Kaniyang iglesya,

at ito'y luluwalhatiing kasama Niya, sa ibabaw ng lahat ng mga pamunuan, sa ibabaw ng lahat ng mga kapangyarihan, sa ibabaw ng bawa't pangalang ipinangangalan, hindi lamang sa sanlibutang ito, kundi sa sanlibutan din namang darating. [1150]

# Kabanata 82—“Bakit Ka Umiiyak?”

Ang kabanatang ito ay batay sa Mateo 28:1, 5-8; Marcos 16:1-8; Lukas 24:1-12; Juan 20:1-18.

Ang mga babaeng nagsitayo sa may paanan ng krus ay nagsipaghintay at nagsipagpuyat hanggang sa makaraan ang mga oras ng Sabbath. At umagang-umaga ng unang araw ng sanlinggo, sila’y nagsitungo sa libingan, na may dalang mga mahal na espesya upang pahiran ang katawan ng Tagapagligtas. Hindi nila naisip ang tungkol sa Kaniyang pagbabangon mula sa mga patay. Ang araw ng kanilang pag-asa ay lumubog na, at gabi ang naghari sa kanilang mga puso. Habang sila’y naglalakad, kanilang sinariwa ang mga gawa ng kaawaan ni Kristo at ang mga sinabi Niyang, “Muli Ko kayong makikita.” Juan 16:22.

Palibhasa’y hindi nila alam ang nangyayari noon, nagsilapit sila sa libingan, na nag-uusap-usapan habang sila’y naglalakad, “Sino kaya ang ating mapagpapagulong ng bato mula sa pintuan ng libingan?” Batid nilang hindi nila maaalis ang bato, gayunma’y patuloy pa rin sila sa kanilang paglakad. At narito, biglang-biglang nagliwanag ang kalangitan sa kaluwalhatiang hindi nagmumula sa sumisikat na araw. Nayanig ang lupa. Nakita nilang naigulong na
[1151] ang malaking bato. At walang-laman ang libingan.

Ang mga babaeng nagsiparoon sa libingan ay hindi nanggaling na lahat sa iisang dako. Si Maria Magdalena ang unang dumating doon; at nang makita niyang naalis na ang bato, nagmamadali siyang umalis upang sabihin sa mga alagad. Samantala’y dumarating naman ang ibang mga babae. May liwanag sa palibot ng libingan, nguni’t wala roon ang bangkay ni Jesus. Habang sila’y nagtatagal doon, bigla nilang napansing hindi pala sila nag-iisa. Isang binatang nararamtan ng nagliliwanag na damit ang nakaupo sa tabi ng libingan. Iyon ang anghel na naggulong ng bato. Nag-anyo siyang tao upang hindi mangatakot ang mga kaibigang ito ni Jesus. Gayunma’y nagliliwanag pa rin sa palibot niya ang kaluwalhatian ng kalangi-

tan, at nangatakot ang mga babae. Umakma silang tatakbo, nguni't pinigil sila ng mga salita ng anghel. "Huwag kayong mangatakot," wika nito, "sapagka't nalalaman ko na inyong hinahanap si Jesus na ipinako sa krus. Siya'y wala rito: sapagka't Siya'y nagbangon, ayon sa sinabi Niya. Magsiparito kayo, tingnan ninyo ang dakong kinalagyan ng Panginoon. At magsiyaon kayong madali, at sa Kaniyang mga alagad ay sabihin ninyo na Siya'y nagbangon sa mga patay." Muli nilang tinunghan ang loob ng libingan, at muling narinig nila ang kahanga-hangang balita. Isa pang. anghel na nasa anyong tao ang naroon, at ito'y nagsabi, "Bakit hinahanap ninyo ang buhay sa gitna ng mga patay? Wala Siya rito; kundi nagbangon na: alalahanin ninyo ang salita Niya sa inyo nang Siya'y nasa Galilea pa, na sinabi, Kinakailangan na ang Anak ng tao ay ibigay sa mga kamay ng mga taong makasalanan, at ipako sa krus, at magbangong muli sa ikatlong araw."

Siya'y nagbangon, Siya'y nagbangon! Muli at muling inulit-ulit ng mga babae ang mga salitang ito. Hindi na kailangan ngayon ang mga pampahid na espesya. Buhay ang Tagapagligtas, at hindi patay. Nagunita na nila ngayon na noong sabihin Niyang Siya'y [1152]
mamamatay ay sinabi rin Niyang Siya'y muling magbabangon. Ano ngang araw ito sa sanlibutan! Nagmamadaling nilisan ng mga babae ang libingan "na taglay ang takot at ang malaking galak; at nagsitakbo upang ibalita sa Kaniyang mga alagad."

Hindi pa nakararating kay Maria ang mabuting balita. Nagtungo siya kay Pedro at kay Juan na taglay ang malungkot na balitang, "Kinuha nila sa libingan ang Panginoon, at hindi namin maalaman kung saan nila inilagay Siya." Nagmamadaling tinungo ng mga alagad ang libingan, at ito'y nasumpungan ayon sa sinabi ni Maria. Nakita nila ang kumot at ang panyo, nguni't wala ang kanilang Panginoon. Gayunma'y naririto rin ang patotoo na Siya'y nagbangon. Ang mga kasuutang ginamit sa pag-lilibing ay hindi nakasabog sa isang tabi, kundi maingat na nakatiklop sa kamya-kaniyang lugar. Si Juan ay "nakakita at sumampalataya." Hindi pa niya nauunawaan ang kasulatang si Kristo ay dapat na mabangon mula sa mga patay; subali't naalaala na niya ngayon ang mga pangungusap ng Tagapagligtas na paunang-nagsasabi ng Kaniyang pagkabuhay na mag-uli.

Si Kristo na rin ang maingat na nagtiklop at nag-ayos ng mga kasuutang iyon. Nang bumaba sa libingan ang makapangyarihang anghel, ito'y sinamahan ng isa pa, na siyang nagbantay sa bangkay ng Panginoon. Nang igulong ng anghel na mula sa langit ang bato, pumasok naman ang isa, at inalis ang mga nakabalot sa katawan ni Jesus. Nguni't kamay ng Tagapagligtas ang nagtiklop ng bawa't isa nito, at naglagay sa lugar nito. Sa Kaniyang paningin na pumapatnubay sa bituin at sa atomo, ay walang dimahalaga. Kaayusan at kasakdalan ang nakita sa lahat Niyang mga gawa.

Sumunod si Maria kay Juan at kay Pedro hanggang sa libingan;
[1153] nang magbalik ang dalawang lalaki sa Jerusalem, siya'y nagpaiwan.
[1154] Nang tingnan niya ang loob ng walang-lamang libingan, nalipos ng
pagkalungkot ang kaniyang puso. Nang dumungaw siya sa loob, natanaw niya ang dalawang anghel, ang isa'y nasa ulunan at ang ikalawa'y nasa paanan ng hinimlayan ni Jesus. "Babae, bakit ka umiiyak?" tanong nila sa kaniya. "Sapagka't kinuha nila ang aking Panginoon," sagot niya, "at hindi ko maalaman kung saan nila inilagay Siya."

Pagkatapos ay lumingon siya, na tinalikuran ang mga anghel, na ang nasa isip ay kailangang makakita siya ng sinumang makapagsasabi sa kaniya kung ano ang ginawa sa bangkay ni Jesus. Isa pang tinig ang nagsalita sa Kaniya, "Babae, bakit ka umiiyak? sino ang iyong hinahanap?" Nakita ni Maria sa kaniyang matang nanlalabo sa luha, ang anyo ng isang lalaki, at sa pag-aakalang ito ang hardinero, ay sinabi niya, "Ginoo, kung ikaw ang kumuha sa Kaniya, ay sabihin mo sa akin kung saan mo Siya inilagay, at akin Siyang kukunin." Kung ang libingang ito ng mayamang tao ay inaakalang napakarangal na anupa't hindi karapat-dapat ilibing doon si Jesus, ay siya ang maglalaan ng mapaglalagyan sa Kaniya. May isang libingang nawalan ng laman sa pama-magitan ng tinig na rin ni Kristo, ang libingang pinaglagyan kay Lazaro. Hindi ba ito maaaring paglibingan sa kaniyang Panginoon? Nadama niyang ang pag-iingat at pag-aalaga sa Kaniyang mahalaga't ipinako-sa-krus na katawan ay magiging isang malaking kaaliwan sa kaniyang kalungkutan.

Datapwa't ngayon sa Kaniyang kilalang tinig ay tinawag siya ni Jesus, "Maria." Napagkilala ngayon ni Maria na hindi ibang tao ang nagsalita sa kaniya, at paglingon niya ay nakita niya sa harap niya ang buhay na Kristo. Sa kaniyang katuwaan ay nalimutan niyang

Siya ay ipinako sa krus. Sa paglukso niyang patungo sa Kaniya, na parang yayakapin ang Kaniyang mga paa, ay sinabi niya, "Raboni." [1155] Nguni't itinaas ni Kristo ang Kaniyang kamay, na sinasabi, Huwag mo Akong hipuin; "sapagka't hindi pa Ako nakakaakyat sa Aking Ama: nguni't pumaroon ka sa Aking mga kapatid, at sabihin mo sa kanila, Aakyat Ako sa Aking Ama; at sa Aking Diyos, at inyong Diyos." At pumaroon si Maria sa mga alagad na dala ang masayang balita.

Tinanggihang tanggapin ni Jesus ang pagsamba ng Kaniyang bayan hanggang sa Kaniyang matiyak na tinang gap ng Ama ang Kaniyang sakripisyo. Umakyat Siya sa mga korte sa langit, at mula sa Diyos na rin ay narinig Niya ang katiyakan na sapat na ang ginawa Niyang pagtubos sa mga kasalanan ng mga tao, na sa pamamagitan ng Kaniyang dugo ang lahat ay maaaring magtamo ng buhay na walang-hanggan. Pinagtibay ng Ama ang tipang ginawa kay Kristo, na Kaniyang tanggapin ang nagsisisi at nagsisitalimang mga tao, at sila'y iibiging gaya ng pagibig Niya sa Kaniyang Anak. Dapat tapusin ni Kristo ang Kaniyang gawain, at tuparin ang Kaniyang pangako na "gagawin ang isang tao ay maging mahalaga kaysa dalisay na ginto; ang tao na higit kaysa dalisay na ginto ng Ophir." Isaias 13:12. Ang lahat ng kapangyarihan sa langit at sa lupa ay ibinigay sa Prinsipe ng buhay, at Siya'y nagbalik sa mga sumusunod sa Kaniya sa isang sanlibutan ng kasalanan, upang mabigyan Niya sila ng Kaniyang kapangyarihan at kaluwalhatian.

Samantalang ang Tagapagligtas ay nasa harapan ng Diyos, na tumatanggap ng mga kaloob para sa Kaniyang iglesya, ay naiisip naman ng mga alagad ang Kaniyang walang-lamang libingan, at naghihinagpis at nagsisitangis. Ang araw na yaon na isang araw ng pagkakatuwa sa buong langit ay araw ng kawalang-katiyakan, kaguluhan, at kagulumihanan sa ganang mga alagad. Ang kanilang di-paniniwala sa patotoo ng mga babae ay nagpapakilala kung gaano nanghina ang kanilang pananampalataya. Ang balita tungkol sa [1156] pagkabuhay na mag-uli ni Kristo ay ibang-iba sa inaasahan nila na anupa't hindi nila iyon mapaniwalaan. Napakagandang balita iyon upang maging totoo, naisip nila. Lubhang marami na ang narinig nila tungkol sa mga aral at mga tinatawag na teoryang siyentipiko ng mga Saduceo kaya hindi nila mapaniwalaan ang tungkol sa pagkabuhay na mag-uli. Hindi nila maubos-maisip kung ano ang ibig sabihin

ng mabuhay na mag-uli mula sa mga patay. Hindi nila nakayang maunawaan ang malawak na paksa.

"Magsiyaon kayo," winika ng mga anghel sa mga babae, "sabihin ninyo sa Kaniyang mga alagad at kay Pedro na Siya'y nangunguna sa inyo sa Galilea: doon ninyo Siya makikita, ayon sa sinabi Niya sa inyo." Ang mga anghel na ito ang naging mga anghel na tagapagbantay ni Kristo sa buong buhay Niya sa lupa. Nasaksihan nila ang paglilitis at pagpapako sa Kaniya sa krus. Narinig nila ang Kaniyang mga sinabi sa Kaniyang mga alagad. Ito'y ipinakilala ng kanilang pabalita sa mga alagad, at dapat sanang nakakumbinsi sa kanila upang paniwalaan ang katotohanan niyon. Ang gayong mga salita ay manggagaling lamang sa mga sugo o mga tagapagbalita ng kanilang nagbangong Panginoon.

"Sabihin ninyo sa Kaniyang mga alagad at kay Pedro," sabi ng mga anghel. Buhat nang mamatay si Kristo, si Pedro'y giniyagis nang mabuti ng paghihimutok at pag-dadalang-sisi. Ang kahiya-hiya niyang pagkakaila sa Panginoon, at ang maibigin at nalulungkot tinging iniukol sa kaniya ng Tagapagligtas, ay lagi nang nasa isip niya. Sa lahat ng mga alagad ay siya ang nagbata nang lalong pinakamapait. Ibinigay sa kaniya ang katiyakan na tinatanggap ang kaniyang pagsisisi at ipinatawad na rin ang kaniyang pagkakasala. Siya'y tinukoy sa pangalan.

"Sabihin ninyo sa Kaniyang mga alagad at kay Pedro na Siya'y
[1157] nangunguna sa inyo sa Galilea: doon ninyo Siya makikita." Iniwan na si Jesus ng lahat ng mga alagad, at ang tawag upang muling makipagkita sa Kaniya ay sumasaklaw sa kanilang lahat. Hindi Niya sila itinatakwil. Nang sabihin sa kanila ni Maria Magdalena na nakita nito ang Panginoon, ay inulit nito ang tawag na pakikipagkita sa Kaniya sa Galilea. At tatlong ulit na ipinadala sa kanila ang pasabi. Nang Siya'y makaakyat na sa Ama, ay napakita si Jesus sa ibang mga babae, na nagsasabi, "Mangagalak kayo. At sila'y nagsilapit at niyakap ang Kaniyang mga paa, at Siya'y sinamba. Nang magkagayo'y sinabi sa kanila ni Jesus, Huwag kayong mangatakot: magsiyaon kayo at sabihin ninyo sa Aking mga kapatid na sila'y magsiparoon sa Galilea, at doo'y makikita nila Ako."

Ang unang-unang ginawa ni Kristo sa lupa pagkatapos na Siya'y mabuhay na mag-uli ay ang papaniwalain ang Kaniyang mga alagad na hindi nagbabawa ang Kaniyang pag-ibig at pagmamahal sa

kanila. Upang patunayan sa kanila na Siya ang kanilang nabubuhay na Tagapagligtas, na nilagot na Niya ang mga tanikala ng libingan, at Siya'y hindi na mapipigil pa ng kaaway na kamatayan; at upang ipakilalang hindi nagbabago ang Kaniyang puso sa pag-ibig sa kanila na gaya noong Siya'y kasama-sama pa nila bilang kanilang minamahal na Guro, ay muli at muling Siya'y napakita sa kanila. Nais Niyang higpitan pa ang mga tali ng pag-ibig sa kanila. Magsiyaon kayo at sabihin ninyo sa Aking mga kapatid, wika Niya, na sila'y makipagkita sa Akin sa Galilea.

Nang marinig nila ang pakikipagtipang ito, na tiyakang ibinigay, ay nagpasimulang naisip ng mga alagad ang mga sinabi ni Kristo sa kanila na paunang-nagsasabi ng Kaniyang pagkabuhay na mag-uli. Gayon pa ma'y hindi pa rin sila nangatuwa ngayon. Hindi nila maiwaksi ang kanilang pag-aalinlangan at kagulumihanan. Kahit sinabi na ng mga babaeng nakita nila ang Panginoon, ay ayaw pa [1158]
ring maniwala ang mga alagad. Inakala nilang sila'y namalikmata.

Waring parami nang parami ang bagabag. Nang ikaanim na araw ng sanlinggo ay nakita nilang namatay ang kanilang Panginoon; nang unang araw ng sumunod na sanlinggo ay natagpuan nilang wala ang Kaniyang katawan, at sila'y pinagbintangang siyang nagnakaw nito upang dayain ang mga tao. Hindi nila maalaman kung paano pa nila maitutuwid ang mga maling haka-hakang ito na lumalaganap laban sa kanila. Kinatakutan nila ang galit ng mga saserdote at ang poot ng mga tao. Gayon na lamang ang pagnanais nilang sana'y kasama nila si Jesus, na nakatulong sa kanila sa lahat ng kabagabagan.

Malimit nilang ulit-ulitin ang mga salitang, "Hinihintay naming Siya ang tutubos sa Israel." Sa kanilang kalungkutan at paghihinagpis ay naalaala nila ang Kaniyang mga salita, "Kong ginagawa nila ang mga bagay na ito sa punungkahoy na sariwa, ano kaya ang gagawin sa tuyo?" Lukas 24:21; 23:31. Nagtipun-tipon sila sa itaas na silid, at kanilang sinarhan at tinarangkahan ang mga pintuan, palibhasa'y batid nilang ang sinapit na kapalaran ng kanilang Guro ay maaaring siya rin nilang sapitin anumang oras ngayon.

At dapat sanang nagsasaya sila sa buong panahong ito sa pagkaalam na nabuhay na ang kanilang Tagapagligtas. Sa halamanan, si Maria ay nakatayong umiiyak, gayong si Jesus ay malapit sa piling niya. Pinanlabo ng mga luha ang Kaniyang mga mata na

anupa't hindi niya Siya nakilala. At ang mga puso naman ng mga alagad ay gayunding punung-puno ng kalumbayan na anupa't hindi nila pinaniwalaan ang balita ng mga anghel o ang pasabi mismo ni Kristo.

Kayrami pa ring gumagawa ng mga ginagawa ng mga alagad
[1159] na ito! Kayrami pa ring sumisigaw ng walang-pagasang sigaw ni Maria, "Kinuha nila ... ang Panginoon, at hindi namin maalaman kung saan Siya inilagay!" Ilan kaya ang mapagsasabihan ng mga sinalita ng Tagapagligtas na, "Bakit ka umiiyak? sino ang iyong hinahanap?" Siya'y kapiling nila, nguni't hindi Siya makita ng mga mata nilang nanlalabo sa luha. Nagsasalita Siya sa kanila, nguni't hindi nila maunawaan.

O sana'y mapatingala ang ulong nakayuko, sana'y madilat ang mga mata upang makita Siya, upang makinig ang mga tainga sa Kaniyang tinig! "Magsiyaon kayong madali, at sa Kaniyang mga alagad ay sabihin ninyong Siya'y nagbangon." Sabihin ninyo sa kanilang huwag na Siyang hanapin sa libingan ni Jose, na sinarhan ng isang malaking bato, at tinatakan ng tatak ng Roma. Wala na roon si Kristo. Huwag na ninyong tingnan ang libingang walang-laman. Huwag na kayong magsitangis na gaya ng mga walang-pag-asa at mga walang-kaya. Si Jesus ay nabubuhay, at sapagka't Siya'y nabubuhay, ay mabubuhay rin naman tayo. Buhat sa mga pusong nagpapasalamat, buhat sa mga labing dinampian ng banal na apoy, ay bayaang umalingawngaw ang masayang awit, Si Kristo ay nabangon! Siya'y nabubuhay upang mamagitan para sa atin. Hawakan ninyo ang pag-asang ito, at pipigilan nito ang kaluluwa na tulad sa isang tiyak at subok na sinepete. Sumampalataya kayo, at
[1160] makikita ninyo ang kaluwalhatian ng Diyos.

## Kabanata 83—Ang Pagkkad Patungo sa Emaus

Ang kabanatang ito ay batay sa Lukas 24:13-33.

Nang nagdadapit-hapon na ng araw ng pagkabuhay na mag-uli, dalawa sa mga alagad ang naglalakad sa daang patungo sa Emaus, isang maliit na bayang may walong milya ang layo sa Jerusalem. Ang mga alagad na ito ay walang mataas na tungkulin sa gawain ni Kristo, kundi sila'y mga masisikap na mananampalataya sa Kaniya. Nagsiparoon sila sa lungsod upang ipagdiwang ang Paskuwa, at sila'y lubhang nagulumihanan dahil sa mga pangyayaring kagaganap pa lamang. Narinig nila ang balita nang umagang iyon tungkol sa pagkawala ng bangkay ni Kristo sa libingan, at gayundin ang balita tungkol sa mga babaeng nakakita sa mga anghel at nakausap si Jesus. Pauwi na sila ngayon sa kanilang mga tahanan upang magbulay-bulay at manalangin. Patuloy sila sa malungkot na paglalakad nang gabing iyon, na pinaguusapan ang mga tagpo sa paglilitis at ang pagpako kay Kristo sa krus. Di-kailanman nangyari nang una na sila'y naging gayon na lamang ang panlulumo. Sila'y nangaglalakad sa anino ng krus, na walang-pag-asa at walang-pananampalataya.

Hindi pa sila nalalayo sa kanilang paglalakad nang may isang [1161]
taong nakisabay sa kanila, nguni't punungpuno ang kanilang isip ng lungkot at pagkabigo na anupa't hindi nila ito napagmasdang mabuti. Nagpatuloy sila ng pag-uusap, Aa inilalahad ang laman ng kanilang mga puso. Sila'y nagkakatwiranan tungkol sa mga aral na ibinigay ni Kristo, na waring hindi nila nagawang unawain. Habang sila'y nag-uusap ng tungkol sa mga nangyari, ninais ni Jesus na sila'y aliwin. Nakita Niya ang kanilang kalungkutan; naunawaan Niya ang nagla-laban-laban at nakagugulumihanang mga kuru-kurong inihatid sa kanilang mga diwa ng isipang, Ang Tao kayang ito, na nagtiis na mapahiya nang gayon na lamang, ay siyang Kristo? Hindi nila mapigil ang kanilang pagkalungkot, at kaya nga sila'y nagsitangis. Talos ni Kristo na ang mga puso nila ay nakatali sa Kaniya sa pag-ibig, at hinangad Niyang pahirin ang kanilang mga

luha, at punuin sila ng katuwaan at kagalakan. Nguni't kailangan munang bigyan Niya sila ng mga aral na hindi nila malilimutan.

"Sinabi Niya sa kanila, Ano ang mga salitaan ninyong ito sa inyong paglalakad, at kayo'y nangalulungkot? At isa sa kanila, na nagngangalang Cleopas, sa pagsagot ay sinabi sa Kaniya, Ikaw baga ay nakikipamayan lamang sa Jerusalem, at hindi ka nakaalam ng mga bagay na doo'y nangyari nang mga araw na ito?" Sinabi nila sa Kaniya ang kanilang pagkabigo tungkol sa kanilang Panginoon, "na isang propetang makapangyarihan sa gawa at sa salita sa harap ng Diyos at ng buong bayan;" nguni't "ang mga pangulong saserdote at ang mga pinuno namin," wika nila, "ay ibinigay Siya upang hatulan ng kamatayan, at Siya'y ipinako sa krus." Sugatan ang mga puso dahil sa pagkabigo, at nangangatal ang mga labing idinugtong pa nila, "Hinihintay naming Siya ang tutubos sa Israel: oo at bukod sa
[1162] lahat ng mga ito, ay ngayon ang ikatlong araw buhat nang mangyari ang mga bagay na ito."

[1163] Nakapagtataka kung hindi naalaala ng mga alagad ang mga sinabi ni Kristo, at kung bakit hindi nila napagtanong Siya, ang paunang-nagsabi ng mga mangyayari! Hindi nila napagtanto na ang huling bahagi ng Kaniyang sinabi ay matutupad ding gaya ng unang bahagi, na sa ikatlong araw ay Siya'y babangong muli. Ito ang bahaging dapat sanang tinandaan nila. Ito'y hindi kinalimutan ng mga saserdote at ng mga pinuno. Nang araw "na siyang araw pagkatapos ng paghahanda, ay nangagkatipon kay Pilato ang mga pangulong saserdote at ang mga Pariseo, na nagsisipagsabi, Ginoo, naalaala namin na sinabi ng magdarayang yaon, nang Siya'y nabubuhay pa, Pagkaraan ng tatlong araw ay magbabangon Akong muli." Mateo 27:62, 63. Nguni't hindi naalaala ng mga alagad ang mga pangungusap na ito.

"Nang magkagayo'y sinabi Niya sa kanila, O mga taong haling, at makukupad ang mga pusong magsisampalataya sa lahat ng salita ng mga propeta: hindi baga kinakailangang si Kristo ay maghirap ng mga bagay na ito, at pumasok sa Kaniyang kaluwalhatian?" Inisip-isip ng mga alagad kung sino kaya ang taong ito, na nakatutunghay ng kaibuturan ng kanilang mga kaluluwa, at nakapagsasalitang may alab ng damdamin, may pagmamahal at pakikiramay, at may pag-asa. Sa kauna-unahang pagkakataon buhat nang ipagkanulo si Kristo, ay ngayon l mang nagpasimulang makadama sila ng pag-asa. Madalas

nilang tingnan ang kanilang kasama, at naisip nilang ganitong-ganito ring mga salita ang bibigkasin ni Kristo. Nalipos sila ng pagtataka, at sa kanilang mga puso'y nag-pasimulang tumibok ang masayang pag-asa.

Magbuhat kay Moises, na siyang pinaka-Alpa o pina-kapasimula ng kasaysayan ng Bibliya, ay ipinaliwanag ni Kristo sa lahat ng mga Kasulatan ang mga bagay na nauukol sa Kaniyang sar- [1164]
ili. Kung ang una Niyang ginawa ay napakilala Siya sa kanila, sana'y nasiyahan na ang kanilang mga puso. Sa kapuspusan ng kanilang kagalakan ay hindi na sana sila maghahangad pa. Nguni't kailangan nilang maunawaan ang pinatototohanan sa Kaniya ng mga sagisag at mga hula ng Matandang Tipan. Dito dapat matatag ang kanilang pananampalataya. Hindi gumawa si Kristo ng anumang himala upang papaniwalain sila nguni't ang kauna-unahan Niyang gawain ay ipaliwanag ang mga Kasulatan. Inakala nilang ang Kaniyang pagkamatay ay pagkawasak na rin ng lahat nilang mga pagasa. Ngayo'y ipinakilala Niya sa pamamagitan ng mga hula ng mga propeta na ito ang misyong pinakamatibay na katunayan para sa kanilang pananampalataya.

Sa pagtuturo ni Jesus sa mga alagad na ito, ay ipinakilala Niyang mahalaga ang Matandang Tipan bilang isang saksi sa Kaniyang misyon. Maraming nagpapanggap na mga Kristiyano ngayon ang nagpapawalang-kabuluhan sa Matandang Tipan, at sinasabing ito ay hindi na kailangan. Nguni't ganito ang itinuturo ni Kristo. Gayon na lamang kalaki ang pagpapahalaga Niya rito na anupa't minsan ay sinabi Niya, "Kung hindi nila pinakiking-gan si Moises at ang mga propeta, ay hindi rin mangahihikayat sila, kahit ang isa'y magbangon sa mga patay." Lukas 16:31.

Tinig ni Kristo ang nagsasalita sa pamamagitan ng mga patriarka at mga propeta, buhat nang mga kaarawan ni Adan hanggang sa nagtatapos na mga bahagi ng panahon. Ang Tagapagligtas ay inihahayag sa Matandang Tipan nang kasinlinaw ng sa Bagong Tipan. Ang liwanag ng hula sa nakaraan ang naghahayag nang buong liwanag at kagandahan sa buhay ni Kristo at sa mga turo ng Bagong Tipan. Ang mga himalang ginawa ni Kristo ay isang katunayan ng Kaniyang pagka-Diyos; nguni't ang lalong matibay na katunayan na Siya ang Manunubos ng sanlibutan ay nasusumpungan kung in- [1165]

ihahambing ang mga hula ng Matandang Tipan sa kasaysayan ng Batang Tipan.

Sa pagpapaliwanag ni Kristo ng hula, ay ibinigay Niya sa Kaniyang mga alagad ang tumpak na kuru-kuro tungkol sa kung magiging ano Siya sa Kaniyang pagiging-tao. Ang pag-asam nila ng isang Mesiyas na uupo sa Kaniyang luklukan at maghaharing may kapangyarihan nang alinsunod sa mga hinahangad ng mga tao ay nakapagsisinsay. Ito ang sisira sa tumpak na pagkakilala sa Kaniyang pagbaba buhat sa kataas-taasan hanggang sa kababababaang kalagayan na maaaring kalagyan ng tao. Hangad ni Kristong ang mga kuru-kuro ng Kaniyang mga alagad ay maging dalisay at tunay sa bawa't kaliit-liitang bagay. Kailangan nilang maintindihan ang tungkol sa saro ng kahirapang itinakda sa Kaniya. Ipinakilala Niya sa kanila na ang nakatatakot na pakikipagtunggaling hindi pa nila nauunawaan ay siyang katuparan ng tipang ginawa bago inilagay ang patibayan ng sanlibutan. Si Kristo ay dapat mamatay, kung paanong ang bawa't sumasalansang sa kautusan ay dapat ding mamatay kung siya ay nagpapatuloy sa pagkakasala. Lahat ng ito ay dapat mangyari nguni't ito'y hindi magwawakas sa pagkatalo, kundi sa maluwalhati at walang-hanggang pagtatagumpay. Sinabi sa kanila ni Jesus na dapat gawin ang bawa't pagsisikap upang mailigtas ang sanlibutan sa pagkakasala. Ang mga sumusunod sa Kaniya ay dapat mamuhay ng gaya ng Kaniyang pagkapamuhay, at gumawang gaya ng iginawa Niya, na taglay ang masidhi at matiyagang pagsisikap.

Ganyan ang ipinaliwanag ni Kristo sa Kaniyang mga alagad, na binubuksan ang kanilang mga pag-iisip upang kanilang maunawaan ang mga Kasulatan. Hapo na ang mga alagad, gayunma'y hindi nanlamig ang kanilang pag-uusap. Mga salita ng buhay at kapanatagan ang namutawi sa mga labi ng Tagapagligtas. Nguni't nanatili
[1166] pa ring nakapikit ang kanilang mga mata. Nang sabihin Niya sa kanilang magigiba o malulupig ang Jerusalem, ay minasdan nilang may pagtangis ang mapapahamak na lungsod. Nguni't hindi pa rin sila nagkahinala kung sino ang kasama nilang naglalakad. Hindi nila inakalang ang paksa ng kanilang pag-uusap ay ang lumalakad na kasabay nila; sapagka't tinukoy ni Kristo ang Kaniyang sarili na para bagang Siya ay ibang tao. Ipinalagay nilang Siya ay isa sa mga nagsidalo sa dakilang kapistahan, at ngayo'y pauwi na sa Kaniyang tahanan. Lumakad Siyang maingat na gaya nila sa mabatong daan,

at paminsan-minsa'y humihintong kasabay nila upang magpahinga nang kaunti. Ganito sila nagpatuloy sa paglalakad sa daang maburol, samantalang ang Isa na malapit nang umupo sa gawing kanan ng Diyos, at siyang makapagsasabing, "Ang lahat ng kapamahalaan sa langit at sa lupa ay naibigay na sa Akin," ay lumalakad na kasabay nila. Mateo 28:18.

Nilubugan na sila ng araw sa kanilang paglalakad, at bago nakasapit sila sa kanilang uuwian, ay iniwan na ng mga magbubukid ang kanilang paggawa. Nang papasok na sa kanilang tahanan ang mga alagad, ay anyong magpapatuloy pa sa Kaniyang paglalakad ang ibang Taong ito. Nguni't nalapit na ang loob ng mga alagad sa Kaniya. Nananabik pa ang kanilang mga kaluluwa na makarinig pa ng sasabihin Niya. "Tumuloy Ka sa amin," wika nila. Waring hindi Niya tinatanggap ang kanilang anyaya, nguni't pinilit nila Siya, na sinasabi, "Gumagabi na, at kumikiling na ang araw." Napahinuhod si Kristo sa pakiusap na ito at "pumasok Siya upang tumuloy sa kanila."

Kung hindi ipinaggiitan ng mga alagad ang kanilang anyaya, hindi sana nila naalamang ang kasama nilang naglalakad ay ang nagbangong Panginoon. Di-kailanman ipinipilit ni Kristo ang pakikisama Niya sa kaninuman. Nagkakaroon Siya ng interes sa mga nangangailangan sa Kaniya. Buong galak Siyang papasok sa pinakaabang tahanan, at pasasayahin ang pinakakaawa-awang [1167]
puso. Nguni't kung lubhang nagwawalang-bahala ang mga tao sa Panauhing tagalangit, o kaya'y hindi man lamang Siya inaanyayahang tumuloy sa kanila, ay lumalampas Siya. Sa ganitong paraan nakakasagupa ang marami ng malaking kawalan o kalugihan. Hindi nila nakikilala si Kristo na tulad din naman ng mga alagad na sinabayan Niya sa daan.

Ang payak na hapunang tinapay ay madaling naihanda. Ito'y inihain sa harap ng Panauhin, na umupo sa pangulong upuan ng hapag. Ngayo'y iniunat Niya ang Kaniyang mga kamay upang pagpalain ang pagkain. Napamulagat na nagtataka ang mga alagad. Iniunat ng kanilang Kasama ang Kaniyang mga kamay nang katulad na katulad ng kinagawiang gawin ng kanilang Panginoon. Muli silang tumingin, at narito, nakita nila sa Kaniyang mga kamay ang mga bakas ng mga pako. Kagyat silang napabulalas, Siya ang Panginoong Jesus! Nagbangon Siya mula sa mga patay!

Nagsitindig sila upang magpatirapa sa Kaniyang paanan at sambahin Siya, nguni't nawala Siya sa kanilang paningin. Tiningnan nila ang dakong nilikmuan ng Isang ang katawan ay hindi pa natatagalang inilagak sa libingan, at isa't isa'y nagsipagsabi, "Hindi baga nag-alab ang ating puso sa loob natin, habang tayo'y kinakausap Niya sa daan, at samantalang binubuksan Niya sa atin ang mga Kasulatan?"

Nguni't ang pagkakaroon ng ganitong malaking balita na dapat itanyag ay hindi nila maatim na kimkimin at pag-usapan lamang. Nawala ang kanilang pagod at gu tom. Iniwan nila ang kanilang dinagalaw na pagkain, at lipos ng kagalakang agad nilang tinaluntong muli ang daang kanilang pinanggalingan, na nagsisipagmadali upang maisaysay ang magandang balita sa mga alagad na nasa lungsod.
[1168] Sa daan ay may mga dakong mapanganib, nguni't inakyat nila ang matatarik na pook, at sila'y nagpapadulas sa makikinis na batuhan upang mapadali. Hindi nila nakikita, ni hindi rin nila nalalaman, na iniingatan sila Niyaong nakisabay sa kanila sa daan. Taglay nila ang kanilang tungkod na panlakbay, na sila'y nagpatuloy, na ang hangad ay makayaon sila nang higit na matulin kaysa mapangangahasan nilang gawin. Nalilihis sila ng daan, nguni't natatagpuan nila itong muli. Kung minsan sila'y tumatakbo, kung minsa'y natatapilok, nguni't patuloy rin sila, na kapiling sa buong daan ang kanilang di-nakikitang Kasama.

Madilim na ang gabi, nguni't ang Araw ng Katwiran ay nagliliwanag sa kanila. Naglulumundag sa tuwa ang kanilang mga puso. Waring sila ay nasa isang bagong sanlibutan. Si Kristo ay isang nabubuhay na Tagapagligtas. Hindi na nila Siya tinatangisan na gaya ng patay. Nagbangon si Kristo—paulit-ulit nila itong inuusal. Ito ang pabalitang inihahatid nila sa mga nalulungkot. Kailangang sabihin nila sa kanila ang kahanga-hangang kasaysayan ng kanilang paglalakad patungo sa Emaus. Kailangan nilang sabihin kung sino ang sumabay sa kanila sa daan. Dinadala nila ang pinakadakilang pabalitang kailanma'y naibigay na sa sanlibutan, ang masayang papabalitang kinasasaligan ng pag-asa ng buong sangkata-uhan sa
[1169] ngayon at sa walang-hanggan.

## Kabanata 84—“Kapayapaan ang Sumainyo”

Ang kabanalang ito ay batay sa Lukas 24:33-48; Juan 20:19-29.

Nang sapitin ng dalawang alagad ang Jerusalem ay nagsipasok sila sa pintuang-bayang nasa gawing silangan, na bukas kung gabi sa mga panahon ng kapistahan. Madidilim ang mga bahay, nguni’t nagpatuloy ang mga nagsisipaglakad sa kanilang pagtalunton sa makikipot na lansangang tinatanglawan ng sumisikat na buwan. Nagsipanhik sila sa silid sa itaas na doon ginugol ni Jesus ang huling gabi Niya bago Siya namatay. Batid nilang dito nila matatagpuan ang kanilang mga kapatid. Bagama’t malalim na ang gabi, talos naman nilang ang mga alagad ay hindi magsisitulog hangga’t hindi nila natitiyak kung ano ang nangyari sa bangkay ng kanilang Panginoon. Nasumpungan nilang mahigpit ang pagkakatrangka ng pintuan. Nagsikatok sila, nguni’t walang sumasagot. Tahimik ang lahat. Noon nila sinabi ang kanilang mga pangalan. Nang magkagayo’y maingat at unti-unting nabuksan ang pintuan, nagsipasok sila, at Isang di-nakikita, ang pumasok na kasama nila. Pagkatapos ay muling itinarangka ang pintuan, upang walang makapasok na mga tiktik.

Natagpuan ng mga nagsipaglakad na parang gulat ang lahat. [1170]
Ang mga tinig ng mga dinatnan sa silid ay umalingawngaw sa pagpapasalamat at pagpupuri, na nagsisipagsabi, “Tunay na nagbangong muli ang Panginoon, at napakita kay Simon.” Nang magkagayon ang dalawang dumating na nagsipaglakad, na nagsisihingal pa dahil sa pagmamadali nila sa paglalakad, ay nagsaysay naman ng kanilang kahanga-hangang karanasan ng kung paanong napakita si Jesus sa kanila. Katatapos pa lamang nilang magbalita, at may ilang nagsasabing hindi nila iyon mapaniwalaan, sapagka’t totoong mainam upang maging to-too, nang di-kaginsa-ginsa’y narito, may Isang tumayo sa harap nila. Napatuon ang lahat ng mata sa naiibang Persona. Wala namang kumatok at pumasok. Wala silang narinig na anumang yabag. Gulilat at takang-taka ang mga alagad. Iniisip nila

kung ano kaya ang ibig sabihin niyon. Nang magkagayo'y narinig nila ang isang tinig na wala nang iba kundi ang tinig ng kanilang Panginoon. Malinaw at namumukod ang mga salitang namutawi sa Kaniyang mga labi, "Kapayapaan ang sumainyo."

"Datapwa't sila'y kinilabutan at nangahintakutan, at inakala nila na nakakakita sila ng isang espiritu. At sinabi Niya sa kanila, Bakit kayo'y nangagugulumihanan? at bakit nangyayari ang pagtatalo sa inyong puso? Tingnan ninyo ang Aking mga kamay at ang Aking mga paa, Ako rin nga: hipuin ninyo Ako, at tingnan; sapagka't ang isang espiritu'y walang laman at mga buto, na gaya ng inyong nakikita na nasa Akin. At pagkasabi Niya nito, ay ipinakita Niya sa kanila ang Kaniyang mga kamay at ang Kaniyang mga paa."

Nakita nila ang mga kamay at mga paang binutasan ng malulupit na mga pako. Nakilala nila ang Kaniyang tinig, na kagaya rin ng dating walang-nakakatulad. "At samantalang hindi pa sila nagsisisampalataya dahil sa galak, at nagsisipanggilalas, ay sinabi Niya sa
[1171] kanila, Mayroon baga kayo ritong anumang makakain? At binigyan nila Siya ng isang putol na isdang inihaw, at isang pulutpukyutan. At Kaniyang inabot yaon, at kumain sa harap nila." "Ang mga alagad nga'y nangagalak, nang makita nila ang Panginoon." Pananampalataya at kagalakan ang humalili sa di-paniniwala, at taglay ang damdaming dikayang ipahayag ng mga salita ay kinilala nila ang kanilang muling nagbangong Tagapagligtas.

Nang isilang si Jesus ay isang anghel ang nagpahayag, Kapayapaan sa lupa, at sa mga tao'y mabuting kalooban. At ngayon sa una Niyang pagpapakita sa mga alagad pagkatapos Niyang mabuhay na mag-uli, ay inukulan sila ng Tagapagligtas ng pinagpalang mga salitang, "Kapayapaan ang sumainyo." Si Jesus ay laging handang magsalita ng kapayapaan sa mga kaluluwang tigib ng mga alinlangan at mga pangamba. Hinihintay Niyang buksan natin sa Kaniya ang pintuan ng ating puso, at ating sabihing, Manahan Ka sa amin. Sinasabi Niya, "Narito, Ako'y nakatayo sa pintuan at tumutuktok: kung ang sinuman ay duminig ng Aking tinig, at magbukas ng pinto, Ako'y papasok sa kaniya, at hahapong kasalo niya, at siya'y kasalo Ko." Apocalipsis 3:20.

Ang pagkabuhay na mag-uli ni Jesus ay kalarawan ng huling pagkabuhay na mag-uli ng lahat ng mga nangahihimlay sa Kaniya. Ang mukha ng nagbangong Tagapagligtas, ang Kaniyang anyo at

kilos, ang Kaniyang pagsasalita, ay kilalang lahat ng Kaniyang mga alagad. Kung paanong si Jesus ay nagbangon mula sa mga patay, gayundin muling babangon ang mga nangatutulog sa Kaniya. Makikilala natin ang ating mga kaibigan, gaya rin naman ng mga alagad na nakilala si Jesus. Maaaring sila'y napinsala, nagkasakit, o pumangit sa buhay na ito, at sila'y magsisibangong sakdal sa kalusugan at pangangatawan; gayunma'y sa maluwalhating katawan nila ay ganap ding mananatili ang pagkakakilanlan sa kanila. Kung magkagayon ay mangakakakilala tayong gaya naman ng pagkakilala [1172]
sa atin. 1 Corinto 13:12. Sa mukhang nagniningning sa taglay na liwanag na nagmumula sa mukha ni Jesus, ay makikilala natin ang buong kaanyuan ng mukha, katawan at lahat ng mga iniibig natin.

Nang makipagtagpo si Jesus sa Kaniyang mga alagad, ay ipinaalaala Niya sa kanila ang mga salitang sinabi Niya sa kanila bago Siya namatay, na ang lahat ng mga bagay tungkol sa Kaniya na nangasusulat sa kautusan ni Moises, at sa mga propeta, at sa Mga Awit ay kailangang matupad. "Nang magkagayo'y binuksan Niya ang kanilang mga pag-iisip, upang mapag-unawa nila ang mga Kasulatan, at sinabi Niya sa kanila, Ganyan ang pagkasulat, na kinakailangang maghirap ang Kristo, at magbangong muli sa mga patay sa ikatlong araw; at ipngaral sa Kaniyang pangalan ang pagsisisi at pagpapatawad ng mga kasalanan sa lahat ng mga bansa, magbuhat sa Jerusalem. At kayo'y mga saksi ng mga bagay na ito."

Noon napagtanto ng mga alagad ang uri at lawak ng kanilang gawain. Itatanyag nila sa sanlibutan ang mga kahanga-hangang katotohanang ipinagkatiwala sa kanila ni Kristo. Ang mga pangyayari sa Kaniyang buhay, ang Kaniyang pagkamatay at pagkabuhay na mag-uli, ang mga hulang nakaturo sa mga pangyayaring ito, ang kabanalan ng kautusan ng Diyos, ang mga hiwaga ng panukala ng pagliligtas, ang kapangyarihan ni Jesus na magpatawad ng mga kasalanan—mga saksi sila ng lahat ng mga bagay na ito, at dapat nilang ipakilala ang mga ito sa sanlibutan. Dapat nilang itanyag ang ebanghelyo ng kapayapaan at kaligtasan sa pamamagitan ng pagsisisi at ang kapangyarihan ng Tagapagligtas.

"At nang masabi Niya ito, sila'y hiningahan Niya, at sa kanila'y sinabi, Tanggapin ninyo ang Espiritu Santo: Sinumang inyong patawarin ng mga kasalanan, ay ipinatatawad sa kanila; at sinumang hindi ninyo patawarin ng mga kasalanan, ay hindi pinatatawad." Ang [1173]

Espiritu Santo ay hindi pa lubusang nahayag; sapagka't si Kristo ay hindi pa naluwalhati. Ang lalong masaganng pagkakaloob ng Espiritu ay hindi nangyari kundi nang makaakyat na sa langit si Kristo. Hanggang hindi pa ito tinatanggap ay hindi magaganap ng mga alagad ang utos na ipangaral ang ebanghelyo sa sanlibutan. Nguni't ang Espiritu ay ibinigay ngayon sa isang tanging layunin. Bago magampanan ng mga alagad ang mga tungkulin nila sa iglesya, ay hiningahan muna sila ni Kristo ng Kaniyang Espiritu. Napakabanal ng ipinagkatiwala Niya sa kanila, at hangad Niyang maikintal sa kanila ang katotohanan na kung wala ang Espiritu Santo ay hindi nila magagam-panan ang gawaing ito.

Ang Espiritu Santo ay hininga ng espirituwal na buhay sa kaluluwa. Ang pagbibigay ng Espiritu ay pagbi-bigay ng buhay ni Kristo. Nilalangkapan nito ang tuma tanggap ng mga likas o katangian ni Kristo. Yaon lamang mga tinuruang gayon ng Diyos, yaong mga nag-aangkin ng pusong ginagawan ng Espiritu, at sa kanilang kabuhayan ay nahahayag ang buhay ni Kristo, ay siyang magsisitayo bilang mga taong kinatawan ng Diyos, upang maglingkod sa kapakanan ng iglesya.

"Sinumang inyong patawarin ng mga kasalanan," wika ni Kristo, "ay ipinatatawad; ... at sinumang hindi ninyo patawarin ng mga kasalanan, ay hindi pinatatawad." Dito'y hindi binibigyan ni Kristo ang sinumang tao ng layang humatol sa mga iba. Sa Sermon sa Bundok ay ipinagbawal Niya ito. Ito ay karapatan lamang ng Diyos. Subali't ibinibigay Niya sa iglesya, sa tatag na kalagayan nito, ang kapanagutan sa bawa't isa niyang kaanib. Sa mga nagkakasala, ay may tungkulin ang iglesya, na magbabala o magpaalaala, magturo, at kung maaari ay magpanumbalik. "Sumawata ka, sumaway ka
[1174] mangaral ka," wika ng Panginoon, "nang may buong pagpapahinuhod at pagtuturo." 2 Timoteo 4:2. Pakitunguhang may katapatan ang nakagagawa ng pagkakamali. Babalaan ang bawa't kaluluwang nasa panganib. Huwag bayaang madaya ang sinuman ng sarili niya. Tawagin ang kasalanan sa sadyang pangalan nito. Ipahayag ang sinabi ng Diyos tungkol sa pagsisinungaling, paglabag sa pangingilin ng Sabbath, pagnanakaw, pagsamba sa diyos-diyusan, at lahat ng iba pang kasamaan. "Ang mga nagsisigawa ng gayong mga bagay ay hindi magsisipagmana ng kaharian ng Diyos." Galacia 5:21. Kung mapilit pa rin sila sa gawang pagkakasala, ang hatol na sinabi ninyo

mula sa Salita ng Diyos ay iginagawad sa kanila sa langit. Sa pagpili nila sa kasalanan, ay humihiwalay sila kay Kristo; dapat ipakilala ng iglesyang hindi niya sinasang-ayunan ang kanilang mga ginagawa, kung hindi ay siya na rin ang lumalapastangan sa kaniyang Panginoon. Dapat niyang sabihin tungkol sa kasalanan ang sinasabi ng Diyos tungkol dito. Dapat niyang pakitunguhan ito ayon sa itinuturo ng Diyos, at ang kaniyang gagawin ay pagtitibayin sa langit. Ang humahamak sa kapangyarihan ng iglesya ay humahamak sa kapangyarihan ni Kristo.

Nguni't may maliwanag na bahagi sa larawan. "Sinumang inyong patawarin ng mga kasalanan, ay ipinatatawad." Ang isipang ito ang laging isaisip. Sa pagpapagal sa mga nagkakasala, ay bayaang ang bawa't mata ay ituon kay Kristo. Bayaang magiliw na alagaan ng mga pastor ang kawan sa pastulan ng Panginoon. Baya-ang sabihin nila sa mga nagkakasala ang mapagpatawad na kaawaan ng Tagapagligtas. Bayaang palakasin nila ang loob ng nagkakasala na magsisi, at sampalatayanan Siya na nagpapatawad. Batay sa sinasabi ng Salita ng Diyos, ay bayaang sabihin nila, "Kung ipinahahayag natin ang ating mga kasalanan, ay tapat at banal Siya
na tayo'y patatawarin sa ating mga kasalanan, at tayo'y lilinisin [1175]
sa lahat ng kalikuan." 1 Juan 1:9. Lahat ng nagsi-sisi ay tiyak na pinangangakuang, "Siya'y muling magtataglay ng habag sa atin; Kaniyang yayapakan ang ating kasamaan; at Kaniyang ihahagis ang lahat nilang kasalanan sa mga kalaliman ng dagat." Mikas 7:19.

Bayaang ang pagsisisi ng makasalanan ay tanggapin ng iglesya nang may buong-pusong pasasalamat. Bayaang ang isang nagsisisi ay akaying palabas mula sa kadiliman ng di-paniniwala hanggang sa liwanag ng pananampalataya at katwiran. Bayaang ilagay niya ang nanginginig niyang kamay sa maibiging kamay ni Jesus. Ang ganitong pagpapatawad ay pinagtitibay sa langit.

Sa diwang ito lamang may kapangyarihan ang iglesya na magpatawad sa makasalanan. Ang kapatawaran ng mga kasalanan ay matatamo lamang sa pamamagitan ng mga kagalingan o biyaya ni Kristo. Walang sinumang tao, o kapulungan man ng mga tao, na binibigyan ng kapangyarihang magpalaya o magpatawad sa kaluluwa sa pagkakasala nito. Tinagubilinan ni Kristo ang Kaniyang mga alagad na ipangaral sa lahat ng mga bansa ang kapatawaran ng mga kasalanan; subali't sila na rin ay walang kapangyarihang

makapag-alis ng kahit isang bahid na kasalanan. Ang pangalan ni Jesus ay siya lamang "pangalan sa silong ng langit na ibinigay sa mga tao, na sukat nating ikaligtas." Mga Gawa 4:12.

Nang unang katagpuin ni Jesus ang mga alagad sa silid sa itaas, ay hindi nila kasama si Tomas. Narinig na niya ang mga balita ng mga iba, at marami na siyang tinanggap na katibayan na si Jesus ay nagbangon na nga; nguni't kapanglawan at di-paniniwala ang pumuno sa kaniyang puso. Nang marinig niya ang pagsasalaysay ng mga alagad tungkol sa kahanga-hangang mga pagpapakita ng nagbangong Tagapagligtas, ay lalo lamang itong nagbulusok sa kaniya sa kawalang-pag-asa. Kung si Jesus ay tunay na nagbangon sa
[1176] mga patay, ay wala na ngang maaasahan pang literal na kaharian sa lupa. At isinama ng kaniyang loob ang pangyayari na ang kaniyang Panginoon ay napakikita sa lahat ng mga alagad at sa kaniya ay hindi. Ipinasiya niyang huwag maniwala, at buong sanlinggong nagmukmok siya sa aba niyang kalagayan, na waring lalong sinakmal ng lungkot kung ihahambing sa pag-asa at pananampalataya ng kaniyang mga kapatid.

Sa buong panahong ito ay paulit-ulit niyang sinabi, "Malibang aking makita sa Kaniyang mga kamay ang butas ng mga pako, at maisuot ko ang aking daliri sa butas ng mga pako, at maisuot ko ang aking kamay sa Kaniyang tagiliran, ay hindi ako sasampalataya." Ayaw siyang maniwala sa nakikita ng kaniyang mga kapatid, o kaya'y sumampalataya sa kanilang pinatutimayan. Marubdob ang pag-ibig niya sa kaniyang Panginoon, nguni't pinahintulutan niyang maghari sa kaniyang puso at pagiisip ang pagkainggit at di-paniniwala.

Ginawa nang pansamantalang tahanan ng ilan sa mga alagad ang silid sa itaas, at lahat ay nagkakatipon dito maliban kay Tomas. Isang gabi'y ipinasiya ni Tomas na makipagtagpo sa mga iba. Kahit na hindi siya nani-niwala, may bahagya rin siyang pag-asa na maaaring to-too nga ang magandang balita. Samantalang nagsisikain ang mga alagad ng kanilang hapunan, ay pinag-usapan nila ang mga katunayang ibinigay sa kanila ni Kristo sa mga hula. "Noon dumating si Jesus, nang nangapipinid ang mga pinto, at tumayo sa gitna, at nagsabi, Kapaya-paan ang sumainyo."

Pagbaling kay Tomas ay sinabi Niya, "Idaiti mo rito ang iyong daliri, at tingnan mo ang Aking mga kamay; at idaiti mo rito ang

iyong kamay, at isuot mo sa Aking tagiliran: at huwag kang di mapanampalatayahin, kundi mapanampalatayahin." Ipinakikilala ng mga salitang ito na alam Niya ang mga iniisip at mga sinasabi ni Tomas. Batid ng nag-aalinlangang alagad na sa loob ng sanlinggo ay [1177] hindi nakita si Jesus ng sinuman sa kaniyang mga kasama. Hindi sila makapagbabalita sa Panginoon ng kaniyang di-paniniwala. Nakilala niyang ang Isang nasa harap niya ay ang kaniyang Panginoon. Hindi na niya hangad pa ang ano pa mang katibayan. Lumukso sa kagalakan ang kaniyang puso, at siya'y nagpatirapa sa paanan ni Jesus na umiiyak, "Panginoon ko at Diyos ko."

Tinanggap ni Jesus ang kaniyang pagkilala, gayunma'y mabanayad din Niyang sinuwatan ang kaniyang di-pani-niwala: "Tomas, sapagka't Ako'y nakita mo, ay sumam-palataya ka: mapapalad yaong hindi nangakakita, at gayunma'y nagsisampalataya." Naging lalo sanang kalu-gud-lugod kay Kristo ang pananampalataya ni Tomas kung siya lamang ay naniwala kaagad sa patotoo ng kaniyang mga kapatid. Kung ang sanlibutan ngayon ay susunod sa halimbawa ni Tomas, ay wala isa mang sasam-palataya sa ikaliligtas; sapagka't lahat ng tumatanggap kay Kristo ay dapat sumampalataya sa pamamagitan ng patotoo ng mga iba.

Marami sa mga mapag-alinlangan ang nangagdadahilan sa pamamagitan ng pagsasabing kung mayroon lamang silang katibayang gaya ng tinanggap ni Tomas sa kaniyang mga kasama, ay magsisisampalataya sila. Hindi nila natatantang hindi lamang ang katibayang yaon ang nasa kanila, kundi marami pa. Ang maraming gaya ni Tomas, na naghihintay munang maalis ang lahat ng sanhi ng pag-aalinlangan bago maniwala, ay mabibigo sa kani-lang ninanais. Unti-unti silang tumitibay sa di-paniniwala. Yaong mga namimihasang tumingin sa madilim o ma-lungkot na panig, at bubulung-bulong at nagrereklamo, ay hindi nakaaalam ng kanilang ginagawa. Naghahasik sila ng mga binhi ng pag-aalinlangan, at sila'y magsisi-pag-ani ng isang buntong pag-aalinlangan. Sa isang panahong kailangang-kailangan ang pananampalataya at pagtitiwala, [1178] masusumpungan nga ng marami na sila'y walanglakas upang umasa at maniwala.

Sa ipinakitungo ni Jesus kay Tomas, ay nagbigay Siya ng isang aral sa mga sumusunod sa Kaniya. Ipinakikita ng Kaniyang halimbawa kung paano natin pakikitunguhan yaong mga mahihina

ang pananampalataya, at yaong ang pinangingibabaw ay ang kanilang mga pag-aalinla-ngan. Hindi sinisi ni Jesus si Tomas, ni hindi rin Siya nakipagtalo sa kaniya. Inihayag Niya ang Kaniyang sarili sa isang nag-aalinlangan. Si Tomas ay naging lubos na di-makatwiran sa pagsasabi ng mga kondisyon ng kaniyang pagsampalataya, ngimi't binuwag ni Jesus ang lahat ng ito, sa pamamagitan ng Kaniyang masaganang pag-ibig at pagsasaalang-alang. Ang di-paniniwala ay bihirang magapi ng pakikipagtalo. Ito manapa ay ginagamit na pansanggalang sa sarili, at humahanap ng bagong kakatig at dadahilanin. Datapwa't bayaang si Jesus, sa Kaniyang pag-ibig at kaawaan, ay ihayag bilang ang ipinako-sa-krus na Tagapagligtas, at sa maraming minsa'y bantulot na mga labi ay mapapakinggan ang
[1179] pagkilala ni Tomas na, "Panginoon ko at Diyos ko."

# Kabanata 85—Sa Tabi ng Dagat Minsan Pa

Ang kabanatang ito ay batay sa Juan 21:1-22.

Tinipan ni Jesus na katagpuin sa Galilea ang Kaniyang mga alagad; at kaya nga karaka-rakang makaraan ang linggo ng Paskuwa, ay gumayak na silang pumaroon. Ang pagkawala nila sa Jerusalem sa panahon ng kapistahan ay ituturing na pagtataksil at paglaban, kaya sila'y namalagi roon hanggang sa ito ay natapos; nguni't nang ito'y matapos na ay masaya silang umuwi upang tagpuin ang Tagapagligtas ayon sa Kaniyang ipinagbilin.

Pito sa mga alagad ang magkakasama. Nadaramtan sila ng abang kasuutan ng mga mangingisda; salat sila sa mga kayamanan ng sanlibutan, subali't mayaman naman sa pagkakilala at pagsasakabuhayan ng katotohanan, na siyang sa paningin ng Langit ay nagbigay sa kanila ng kataas-taasang katayuan bilang mga tagapagturo. Hindi sila nagsipag-aral sa mga paaralan ng mga propeta nguni't sa loob naman ng tatlong taon ay tinuruan sila ng pinakadakilang Guro na lumitaw sa sanlibutan. Sa ilalim ng Kaniyang pagtuturo ay sila'y naging mararangal, matatalino, at nalinang na mga kinatawan na sa pamamagitan nila'y maaaring maakay ang mga tao sa pagkakilala ng katotohanan. [1180]

Ang malaking panahon ng ministeryo ni Kristo ay ginugol sa tabi [1181]
ng Dagat ng Galilea. Nang magkatipon na ang mga alagad sa isang pook na doo'y hindi sila magagambala, ay nasumpungan nilang sila'y naliligid ng mga alaala ni Jesus at ng Kaniyang makapangyarihang mga gawa. Sa dagat na ito, nang ang mga puso nila ay saklot ng sindak, at mabilis silang dinadala ng mabangis na bagyo sa tiyak na kapahamakan, ay lumakad si Jesus sa ibabaw ng mga alon upang sila'y saklolohan. Dito'y tumahimik ang unos sa pamamagitan ng Kaniyang salita. Abot ng tanaw ay ang dalampasigan na doo'y pinakain ang mahigit sa sampung libong tao mula sa ilang putol na tinapay at mga isda. Hindi rin kalayuan doon ay ang Capernaum, na doon naganap ang lubhang maraming himala o kababalaghan. Nang

pagmasdan ng mga alagad ang tanawin, ay napuno ang kanilang pag-iisip ng mga salita at mga gawa ng kanilang Tagapagligtas.

Maaliwalas ang gabi, at si Pedro, palibhasa'y hindi pa rin kinukupasan ng kaniyang dating pag-ibig sa mga daong at sa pangingisda, ay nagmungkahing sila'y pumalaot sa dagat at ihagis ang kani-kanilang mga lambat. Sa panukalang ito'y handang sumama ang lahat; sila'y nangangailangan ng pagkain at pananamit, at ito'y matu-tustusan ng kikitain nila sa matagumpay na pangingisda sa buong magdamag. Kaya nga pumalaot sila na lulan ng kanilang daong, nguni't wala silang nahuli. Nagsikap sila sa buong magdamag, nguni't walang nangyari. Sa pagdaraan ng nakaiinip na mga oras ay pinag-usapan nila ang kanilang Panginoong wala roon, at nagunita nila ang kahanga-hangang mga pangyayari na nasaksihan nila sa Kaniyang ministeryo sa tabi ng dagat. Naitanong nila kung ano kaya ang magiging hinaharap nila, at sila ay nalungkot sa madilim na pag-asang kinakaharap nila.

Samantala'y sinusundan sila ng tanaw ng nag-iisang Manonood
[1182] na hindi nila nakikita. Sa wakas ay sumapit aing bukang-liwayway. Hindi kalayuan sa pampang ang daong, at natanaw ng mga alagad ang isang Taong nakatayo sa dalampasigan, na nagtanong sa kanila, "Mga anak, mayroon baga kayong anumang makakain?" Nang sumagot sila ng, "Wala," kaniyang sinabi sa kanila,"Ihulog ninyo ang lambat sa dakong kanan ng daong, at makakasumpong kayo. Inihulog nga nila, at hindi na nila mahila dahil sa karamihan ng mga isda."

Nakilala ni Juan ang Tao, at sinabi niya kay Pedro, "Ang Panginoon nga." Gayon na lamang ang katuwaan ni Pedro at sa labis niyang kagalakan ay tumalon siya sa tubig at hindi natagalan at nakatayo na siya sa piling ng kaniyang Panginoon. Ang ibang mga alagad ay nagsidating na lulan ng kanilang daong, at hila-hila ang lambat na puno ng mga isda. "Nang sila'y magsilunsad sa lupa, ay nakakita sila roon ng mga bagang uling, at isda ang nakalagay sa ibabaw, at tinapay."

Takang-taka sila na anupa't hindi na nila nakuhang itanong kung saan nanggaling ang apoy at ang pagkain. "Sinabi sa kanila ni Jesus, Mangagdala kayo rito ng mga isdang inyong nangahuli ngayan." Nagmamadaling nilapitan ni Pedro ang lambat, na kaniyang binitiwan, at tinulungan niya ang mga kapatid niya sa paghila nito sa

pampang. Pagkatapos na maisagawa ito, at nang maihanda na ang lahat, ay tinawag ni Jesus ang mga alagad na magsilapit at magsikain. Pinagputul-putol Niya ang tinapay, at hinati-hati sa kanila, at Siya'y nakilala at kinilala ng pito. Ngayo'y naalaala nila ang himala na pagpapakain sa limang libo sa tabi ng bundok; nguni't nakalukob sa kanila ang isang mahiwagang pangingimi, at kaya nga walang imik nilang minasdan ang nagbangong Tagapagligtas.

Buhay na buhay na nanariwa sa kanilang gunita ang tanawin sa tabi ng dagat nang sila'y tawagin ni Jesus na sumunod sa Kaniya.
Naalaala nilang sa Kaniyang utos ay pumalaot sila sa malalim, at [1183]
inihulog nila ang kanilang lambat, at ang nahuli nila'y napakarami na anupa't punung-puno ang lambat, at nagkampupunit pa. Pagkatapos ay tinawag sila ni Jesus na iwan ang kanilang mga daong na pangisda, at sila'y pinangakuang gagawing mga mamamalakaya ng mga tao. Upang maibalik sa kanilang mga pag-iisip ang tanawing ito, at upang lalo itong maikintal, kung kaya muli Niyang ginawa ang himala. Ang ginawa Niya ay isang pag-ulit sa tagubilin o utos sa mga alagad. Ipinakilala nito sa kanila na ang pagkamatay ng kanilang Panginoon ay hindi nagpabawa sa tungkulin nilang ganapin ang gawaing itinakda Niya sa kanila. Bagama't hindi na nila Siya makakasama, at hindi na rin sila kikita sa kanilang dating hanapbuhay, ang nagbangong Tagapagligtas naman ang patuloy na mangangalaga at mag-iingat sa kanila. Samantalang ginagawa nila ang Kaniyang gawain, Siya naman ang magbibigay ng kanilang mga kailangan. At may layunin si Jesus nang sila'y atasang ihagis nila ang kanilang lambat sa dakong kanan ng daong. Sa dakong yaon nakatayo Siya sa pampang. Yaon ang dako ng pananampalataya. Kung sila'y magsisigawang nakaugnay sa Kaniya—inilalangkap ang banal Niyang kapangyarihan sa paggawa ng taong tulad nila—ay hinding-hindi sila mabibigo.

Isa pang aral ang kinailangang ibigay ni Kristo, na may kaugnayan tanging-tangi na kay Pedro. Ang pagkakaila ni Pedro sa kaniyang Panginoon ay nakahihiyang katuwas ng kaniyang dating ibinabansag na pagtatapat. Hindi niya naparangalan si Kristo, at sinira niya ang pagtitiwala ng kaniyang mga kapatid. Ang akala nila ay hindi na siya tutulutang makabalik sa dati niyang kalagayan sa gitna nila, at siya na rin ay nakadama na nawala na ang tiwala sa kaniya. Bago siya paganapin uli ng kaniyang gawaing pagka-apos-

tol, ay kailangang patimayan muna niya sa harap nilang lahat na
[1184] siya'y nagsisi na nga. Kung hindi niya gagawin ito, ang kasalanan niya, bagama't pinagsisihan na, ay maaaring sumira sa kaniyang impluwensiya bilang isang ministro ni Kristo. Binigyan siya ng Tagapagligtas ng pagkakataong matamo niyang muli ang pagtitiwala ng kaniyang mga kapatid, at maalis din naman hangga't maaari, ang pula o kadustaang naikulapol niya sa ebanghelyo.

Ibinibigay dito ang isang aral para sa lahat ng mga sumusunod kay Kristo. Ang ebanghelyo ay hindi nakikipagkasundo sa masama. Hindi nito mapagpapaumanhinan ang kasalanan. Ang mga lihim na kasalanan ay dapat lihim na ikumpisal o ipahayag sa Diyos; subali't sa hayag na pagkakasala, ay hayagang pagpapahayag ang kailangan. Ang pula sa kasalanang ginawa ng alagad ay isinasabay kay Kristo. Pinapagtatagumpay nito si Satanas, at binibigyan ng ikatitisod ang mga nag-uulik-ulik na kaluluwa. Sa pamamagitan ng pagbibigay niya ng katunayan ng kaniyang pagsisisi, sa abot ng kaniyang kaya, ay inaalis niya ang kapulaang ito.

Samantalang si Kristo at ang mga alagad ay salu-sa-long nagsisikain sa tabi ng dagat, ay hindi sinabi ng Tagapagligtas kay Pedro, "Simon, anak ni Jonas, iniibig mo baga Ako nang higit kaysa mga ito?" na ang tinutukoy ay ang kaniyang mga kapatid. Nang una ay sinabi ni Pedro, "Bagaman ang lahat ng mga tao ay mangatisod sa Iyo, gayunman ako'y di-kailanman matitisod." Mateo 26:33. Nguni't ngayon ay nag-ukol si Pedro ng tunay niyang pahalaga sa sarili niya. "Oo, Panginoon," sabi niya, "nalalaman Mo na kita'y iniibig." Wala roong marubdob na pagtiyak na ang pag-ibig niya ay higit na malaki kaysa pag-ibig ng kaniyang mga kapatid. Hindi niya sinabi ang sarili niyang palagay sa kaniyang pagmamahal. Sa Kaniya na nakababasa ng lahat ng mga adhikain ng puso ay ipinaubaya niya ang paghatol tungkol sa kaniyang katapatan—"Nalalaman Mo na
[1185] kita'y iniibig." At siya'y inatasan ni Jesus, "Pakanin mo ang Aking mga kordero."

Muling sinubok ni Jesus si Pedro, na inuulit ang nauna Niyang mga salita: "Simon, anak ni Jonas, iniibig mo baga Ako?" Sa pagkakataong ito ay hindi Niya tinanong si Pedro kung iniibig niya Siya nang higit kaysa mga kapatid niya. Ang ikalawang tugon ay katulad din ng una, walang mayabang na pagtiyak: "Oo, Panginoon; nalalaman Mo na kita'y iniibig." Sinabi sa kaniya ni Jesus, "Pakanin

mo ang Aking mga tupa." Minsan pang inulit ng Tagapagligtas ang sumusubok na katanungan: "Simon, anak ni Jonas, iniibig mo baga Ako?" Nalumbay si Pedro; sinapantaha niyang pinag-aalinlanganan ni Jesus ang kaniyang pag-ibig. Batid niyang may dahilan ang kaniyang Panginoon na mag-alinlangan sa kaniya, at masakit ang kaniyang loob na siya'y sumagot, "Panginoon, nalalaman Mo ang lahat ng mga bagay; nalalaman Mo na kita'y iniibig." Muling sinabi sa kaniya ni Jesus, "Pakanin mo ang Aking mga tupa."

Tatlong ulit na hayagang ikinaila ni Pedro ang kaniyang Panginoon, at tatlong ulit ding natamo ni Jesus sa kaniya ang katiyakan ng kaniyang pag-ibig at pagtatapat, na itinimo nang tuwiran sa kaibuturan ng kaniyang sugatang puso ang katanungang yaon na katulad ng isang matulis na palaso. Sa harap ng nagkakatipong mga alagad ay inihayag ni Jesus ang lalim ng pagsisisi ni Pedro, at kaniyang ipinakilala kung gaano lubos na nagpakababa ang dati'y mayabang na alagad.

Si Pedro ay katutubong mapagpauna at biglain, at sinamantala ni Satanas ang mga likas na ito upang siya'y madaig. Bago nahulog sa pagkakamali si Pedro, ay sinabi ni Jesus sa kaniya, "Hiningi ka ni Satanas upang ikaw ay maliglig niyang gaya ng trigo: datapwa't ikaw ay ipinamanhik (idinalangin) Ko, na huwag magkulang ang iyong pananampalataya: at ikaw, kung makapagbalik ka nang muli, [1186]
ay papagtibayin mo ang iyong mga kapatid." Lukas 22:31, 32. Ang panahong yaon ay dumating na ngayon, at maliwanag na nakikita ang pagbabago ni Pedro. Ang mahihigpit at mapanuring mga tanong ng Panginoon ay hindi man lamang tumanggap ng kahit isang labis at mayabang na kasagutan; at dahil sa kaniyang pagpapakababa at pagsisisi, si Pedro ay naging lalong handa kaysa nang una upang gumanap na pastor ng kawan.

Ang unang gawaing ipinagkatiwala ni Kristo kay Pedro nang siya'y maibalik na sa ministeryo ay ang magpakain sa mga kordero o mga batang tupa. Kakaunti ang karanasan ni Pedro sa gawaing ito. Mangangailangan ito ng malaking pag-iingat at pagkamagiliw, ng malaking pagtitiis at pagtitiyaga. Hinihingi nitong maglingkod siya sa mga bata pa sa pananampalataya, na turuan ang mga walang nalalaman, na buksan sa kanila ang mga Kasulatan, at turuan sila upang magamit sa paglilingkod kay Kristo. Hanggang ngayon ay hindi pa naaangkop si Pedro upang gumawa nito, ni hindi pa rin

niya nauunawaan ang kahalagahan nito. Subali't ito ang gawaing ipinagagawa ngayon ni Jesus sa kaniya. Para sa gawaing ito inihanda siya ng sarili niyang karanasan ng paghihirap at pagsisisi.

Nang si Pedro ay hindi pa nahuhulog sa pagkakamali, siya'y laging mapagsalita nang pabigla-bigla, sa biglang silakbo ng damdamin. Laging handa siyang magtuwid o magwasto sa mga iba, at handang magpahayag ng laman ng kaniyang isip, kahit wala pa siyang malinaw na pagkaunawa sa kaniyang sarili o sa bagay na dapat niyang sabihin. Nguni't ang nahikayat at nagbagong si Pedro ay ibang-iba. Nasa kaniya pa rin ang dati niyang kasiglahan o kasigasigan, gayunma'y isinaayos ng biyaya ni Kristo ang kaniyang kasiglahan.
[1187] Hindi na siya mapangahas o mapusok, hindi na makasarili, at mapagmataas, kundi mahinahon, matimpi, at napatuturo. Mapakakain na nga niya ang mga kordero at gayundin ang mga tupa ng kawan ni Kristo.

Ang uri o paraan ng pakikitungong ginawa ng Tagapagligtas kay Pedro ay may aral para sa kaniyang mga kapatid. Tinuruan sila nito na harapin ang nakagagawa ng pagsalansang nang may pagtitiis, pakikiramay, at may mapagpatawad na pag-ibig. Bagama't ikinaila ni Pedro ang kaniyang Panginoon, hindi naman nabawasan ang pag-ibig ni Jesus sa kaniya. Ganito ring pag-ibig ang dapat ipadama ng katulong na pastor sa mga tupa at mga korderong ipinagkatiwala sa kaniyang pag-iingat. Palibhasa'y naaalaala ang sarili niyang kahinaan at pagkukulang, pakikitunguhan ni Pedro ang kaniyang kawan nang buong paggiliw na gaya ng ipinakitungo ni Kristo sa kaniya.

Ang itinanong ni Kristo kay Pedro ay makahulugan. Binanggit lamang Niya ang isang kondisyon ng pagka-alagad at paglilingkod. "Iniibig mo baga Ako?" wika Niya. Ito ang kailangang katangian. Kahit nag-aangkin si Pedro ng iba pang katangian o likas, nguni't kung walang pag-ibig ni Kristo ay hindi siya maaaring maging isang tapat na pastor sa kawan ng Panginoon. Ang karunungan, kagandahang-loob, katatasan sa pagsasalita, pagkilala ng utang na loob, at kasiglahan ay nakatutulong na lahat sa mabuting gawain; subali't kung walang pag-ibig ni Jesus sa puso, ay bigo ang gawain ng ministrong Kristiyano.

Kinausap ni Jesus si Pedro nang sarilinan, sapagka't mayroong bagay na ibig Niyang sa kaniya lamang sabihin. Bago namatay si

Jesus, ay sinabi Niya kay Pedro, "Sa paroroonan Ko, ay hindi ka makasusunod sa Akin ngayon; nguni't pagkatapos ay makasusunod ka." Ito'y tinugon ni Pedro ng, "Panginoon, bakit hindi ako makasusunod sa Iyo ngayon? Ang aking buhay ay ibibigay ko dahil sa [1188]
Iyo." Juan 13:36, 37. Nang sabihin niya ito, bahagya na niyang naisip kung hanggang saan siya aakayin ng hakbang ni Kristo. Nabigo siya nang dumating ang pagsubok, nguni't muli siyang magkakaroon ng pagkakataon upang patunayan ang kaniyang pagibig kay Kristo. Upang siya'y mapalakas at mapatibay para sa huling pagsubok sa kaniyang pananampalataya, ay inihayag sa kaniya ng Tagapagligtas ang kaniyang hinaharap. Sinabi sa kaniya ni Jesus na pagkatapos niyang makapamuhay ng isang kabuhayang kapaki-pakinabang, pagka nananaig na ang kaniyang katandaan sa kaniyang kalakasan, ay tunay ngang susunod siya sa kaniyang Panginoon. Sinabi ni Jesus, "Nang ikaw ay bata pa, ikaw ay nagbibihis, at ikaw ay lumalakad kung saan mo ibig nguni't pagtanda mo'y iuunat mo ang iyong mga kamay, at bibigkisan ka ng iba, at dadalhin ka kung saan hindi mo ibig. Ito nga'y sinalita Niya, na ipinaaalam kung sa anong kamatayan ang iluluwalhati niya sa Diyos."

Sa ganitong paraan ipinaalam ni Jesus kay Pedro kung sa anong paraan siya mamamatay; sinabi pa nang pauna na iuunat niya ang kaniyang mga kamay sa krus. Muli Niyang inatasan ang Kaniyang alagad, "Sumunod ka sa Akin." Hindi nanlumo si Pedro sa inihayag sa kaniya. Nadama niyang handa siyang magtiis ng anumang kamatayan alang-alang sa kainiyang Panginoon.

Hanggang sa panahong ito ang pagkakilala ni Pedro kay Kristo ay ayon sa laman, gaya rin ng pagkakilala ng marami sa Kaniya ngayon; nguni't hindi na magiging makitid buhat ngayon ang pagkakilala sa Kaniya. Kilala niya si Jesus nang ayon lamang sa mga pagsasamahan ng tao. Inibig niya Siya bilang tao, bilang isang gurong isinugo ng langit; ngayon ay iniibig niya Siya bilang Diyos. Natutuhan niya ang aral na sa ganang kaniya si Kristo ay siyang lahat at lahat. Ngayon ay handa na siyang makisama sa misyon ng sakripisyo ng kaniyang Panginoon. Nang sa wakas ay dalhin [1189]
na siya sa krus, sa sarili niyang pakiusap, siya ay ipinakong patiwarik. Inakala niyang totoong napakalaking karangalan kung siya ay magbabata sa paraan ding gaya ng binata ng kaniyang Panginoon.

Sa ganang kay Pedro ang mga salitang "Sumunod ka sa Akin" ay punung-puno ng turo. Ibinigay ang aral hindi lamang para sa kaniyang kamatayan, kundi para sa bawa't hakbang din naman ng kaniyang buhay. Hanggang sa panahong ito ay hilig pa rin ni Pedro na gumawang nagsasarili. Sinubok na niyang siya ang magpanukala para sa gawain ng Diyos, sa halip na siya'y maghintay na sumunod sa panukala ng Diyos. Nguni't wala siyang mapapakinabang kung siya'y magpapauna sa Panginoon. Inaatasan siya ni Jesus, "Sumunod ka sa Akin." Huwag kang tumakbo nang nauuna sa Akin. Sa gayon ay hindi ka mag-isang sasagupa sa mga hukbo ni Satanas. Bayaan mong mauna Ako sa iyo, at hindi ka madadaig ng kaaway.

Sa paglakad. ni Pedrong kasabay ni Jesus, nakita niyang sumusunod si Juan. Isang pagnanasa ang sumapuso niya na maalaman ang magiging hinaharap nito, at kaya nga sinabi niya "kay Jesus, Panginoon, at ano ang gagawin ng taong ito? Sinabi sa kaniya ni Jesus, Kung ibig Kong siya'y manatili hanggang sa Ako'y pumarito, ay ano nga sa iyo? sumunod ka sa Akin." Dapat sanang naisip ni Pedro na ipakikilala o ihahayag sa kaniya ng Panginoon ang lahat ng makabubuti sa kaniya na kaniyang maalaman. Tungkulin ng bawa't isa na sumunod kay Kristo, nang hindi na iiintindi pa ang tungkol sa gawaing ibinibigay sa iba. Sa pagsasabi ni Jesus tungkol kay Juan na, "Kung ibig Kong siya'y manatili hanggang sa Ako'y pumarito," ay hindi tiniyak ni Jesus na ang alagad na ito ay mabubuhay hanggang sa ikalawang pagdating ng Panginoon. Ipinakilala lamang
[1190] Niya ang Kaniyang walang-hanggang kapangyarihan, na anupa't kung ibig Niyang gayon ang mangyari, ay hindi iyon makapipinsala sa gawain ni Pedro. Ang hinaharap ni Juan at ni Pedro ay kapwa nasa mga kamay ng kanilang Panginoon. Pagtalima sa pagsunod sa Kaniya ang tungkuling hinihingi sa bawa't isa.

Kayrami ngayon ng mga katulad ni Pedro! Interesado sila sa mga bagay ng iba, at kinasasabikan nilang maalaman ang kanilang tungkulin, samantalang sila ang nanganganib na magpabaya sa sarili nila. Ang gawain natin ay tumingin kay Kristo at sumunod sa Kaniya. Kung titingin tayo sa iba ay makikita natin ang mga kamalian sa buhay nila, at gayundin ang mga kapintasan sa kanilang likas. Ang tao ay balot ng mga kahinaan. Nguni't makakasumpong

tayo kay Kristo ng kasakdalan. Sa pagtingin natin sa Kaniya ay mangababago tayo.

Si Juan ay nabuhay nang napakatanda. Nasaksihan niya ang pagkawasak ng Jeruslem, at ang pagkagiba ng marilag na templo—isang sagisag ng pangwakas na pagkagiba ng sanlibutan. Hanggang sa katapus-tapusang mga araw ni Juan ay sinunod niya ang kaniyang Panginoon. Ang dinadala ng kaniyang patotoo sa mga iglesya ay, "Mga minamahal, mangag-ibigan tayo sa isa't isa;" "ang nananahan sa pag-ibig ay nananahan sa Diyos, at ang Diyos ay nananahan sa kaniya." 1 Juan 4:7, 16.

Ibinalik si Pedro sa pagka-apostol, nguni't ang karangalan at kapangyarihang tinanggap niya kay Kristo ay hindi nagbigay sa kaniya ng kapangyarihang mangibabaw sa kaniyang mga kapatid. Niliwanag ito ni Kristo nang sa tanong ni Pedro na, "Ano ang gagawin ng taong ito?" ay sagutin Niya ito ng, "Ano nga sa iyo? sumunod ka sa Akin." Hindi ibimgay kay Pedro ang karangalang maging pangulo ng iglesya. Ang paglingap na ipinakita ni Kristo sa kaniya sa pagpapatawad sa kaniyang pagtalikod, at ang pagtitiwala sa kaniya
sa pagpapakain sa kawan, at ang sariling katapatan naman ni Pedro [1191]
sa pagsunod kay Kristo, ay naging daan upang matamo niya ang pagtitiwala ng kaniyang mga kapatid. Nagkaroon siya ng malaking impluwensyia sa iglesya. Nguni't ang aral na itinuro sa kaniya ni Kristo sa tabi ng Dagat ng Galilea ay tinaglay-taglay ni Pedro sa kaniyang buong buhay. Nang sa pamamagitan ng Espiritu Santo ay sumulat siya sa mga iglesya, ay sinabi niya:

"Sa matatanda nga sa inyo'y umaaral ako, akong matandang kasamahan ninyo, at isang saksi ng mga hirap ni Kristo, at may bahagi rin naman sa kaluwalhatiang ihahayag: Pangalagaan [Pakanin] ninyo ang kawan ng Diyos na nasa inyo, na magsigamit kayo ng pagpupuno, na hindi sapilitan, kundi may kasayahan; na ayon sa kalooban ng Diyos; ni hindi dahil sa mahalay na kapaki-nabangan, kundi sa handang pag-iisip; ni hindi rin na man ang gaya ng kayo'y may pagkapanginoon sa pinangangasiwaang ipinagtagubilin sa inyo, kundi kayo'y maging mga uliran ng kawan. At pagkahayag ng Pangulong Pastor, ay magsisitanggap kayo ng di-nasisirang putong ng
kaluwalhatian." 1 Pedro 5:1. [1192]

# Kabanata 86—“Magsiyaon Kayo, Turuan Ninyo ang Lahat ng mga Bansa”

Ang kabanatang ito ay batay sa Mateo 28:16-20.

Nakatayong isang hakbang lamang ang layo mula sa luklukan Niya sa langit, nang ibigay ni Kristo ang tagubilin sa Kaniyang mga alagad. “Ang lahat ng kapamahalaan sa langit at sa ibabaw ng lupa ay naibibigay na sa Akin,” sabi Niya. “Dahil dito’y magsiyaon nga kayo, at turuan ninyo ang lahat ng mga bansa.” “Magsiyaon kayo sa buong sanlibutan, at inyong ipangaral ang ebanghelyo sa lahat ng kinapal.” Marcos 16:15. Muli at muling inulit ang mga salita, upang mahagip ng mga alagad ang kahulugan nito. Sa lahat ng mga tumatahan sa lupa, dakila at mababa, mayaman at dukha, ay kailangang pasilangin ang liwanag ng langit nang may maningning at matinding mga sinag. Ang mga alagad ay dapat maging mga kamanggagawa ng kanilang Manunubos sa gawain ng pagliligtas sa sanlibutan.

Ang tagubilin ay ibinigay sa Labindalawa nang sila’y tagpuin ni Kristo sa silid sa itaas; nguni’t ngayo’y ibibigay ito sa malaki-laking bilang. Sa pulong sa isang bundok sa Galilea, ang lahat ng mga sumasampalatayang matatawagan ay nangagkatipon. Tungkol sa pulong na ito ay si Kristo na rin ang nagtakda ng oras at ng pook noong
[1194] hindi pa Siya namamatay. Ipinaalaala sa mga alagad ng anghel sa libingan ang pangako Niyang sila’y tatagpuin Niya sa Galilea. Ang pangako ay inulit sa mga sumasampalatayang nagkatipon sa Jerusalem noong linggo ng Paskuwa, at sila naman ang nagbalita nito sa maraming nangalulumbay dahil sa pagkamatay ng kanilang Panginoon. Taglay ang matinding kasabikang hinintay ng lahat ang pagkakatipong ito. Nagsipanggaling sila sa iba’t ibang dako, na upang maiwasang mapaghinalaan ng mainggiting mga Hudyo, ay nagpalikwadlikwad sila sa maliligoy na daan hanggang sa makarating sila sa dakong pagtitipunan. Kakaba-kaba ang kanilang mga

pusong sila'y nagdatingan, na maalab na nagsisipag-usap ng mga nabalitaan nila tungkol kay Kristo.

Sa panahong itinakda ay mga limandaang nagsisisampalataya ang nagtipon nang pulu-pulutong sa tabi ng bundok, na sabik makaalam ng lahat nang dapat nilang malaman sa mga nakakita kay Kristo nang Siya'y mabuhay na mag-uli. Nagpalipat-lipat ang mga alagad sa mga pulutong, na ibinabalita ang lahat nilang nakita at narinig kay Jesus, at nagpapaliwanag buhat sa mga Kasulatan gaya rin ng ginawa Niya sa kanila. Isinalaysay ni Tomas ang tungkol sa kaniyang di-paniniwala, at sinabi niya kung paanong napawi ang lahat niyang mga pag-aalinlangan. Di-kaginsa-ginsa'y tumayo sa gitna nila si Jesus. Walang makapagsabi kung saan Siya nanggaling o kung paano Siya dumating. Marami sa mga nangaroroon ang hindi pa kailanman nakakita sa Kaniya nang una; nguni't sa Kaniyang mga kamay at mga paa ay namasdan nila ang mga tanda ng pagkakapako Niya sa krus; ang mukha Niya'y gaya ng mukha ng Diyos, at nang kanilang makita Siya, ay kanilang sinamba Siya.

Nguni't may ilang nagsipag-alinlangan. At magkakagayong lagi. May mga nahihirapang gumamit ng pananampalataya, at inilalagay nila ang kanilang mga sarili sa panig ng mga nag-aalinlangan. [1195]
Malaki ang nawawala sa mga ito dahil sa kanilang di-paniniwala.

Ito lamang ang pakikipag-usap na ginawa ni Jesus sa maraming sumasampaiataya pagkatapos na Siya'y mabuhay na mag-uli. Siya'y dumating at nagsalita sa kanila na nagsasabi, "Ang lahat ng kapamahalaan sa langit at sa ibabaw ng lupa ay naibigay na sa Akin." Sinamba na Siya ng mga alagad bago Siya nagsalita, nguni't ang mga pananalita Niya, na namutawi sa mga labing itinikom ng kamatayan, ay nagpasaya sa kanilang taglay ang natatanging kapangyarihan. Siya ngayon ang nabuhay na Tagapagligtas. Marami sa kanila ang nakakita nang gamitin Niya ang Kaniyang kapangyarihan sa pagpapagaling ng mga maysakit at sa pagsawata sa mga inaalihan ni Satanas. Naniwala silang Siya'y nag-aangkin ng kapangyarihang magtayo ng Kaniyang kaharian sa Jerusalem, kapangyarihang sumawata sa lahat ng sumasakingat o lumalaban, at kapangyarihan laban sa mga elemento ng katalagahan. Pinatahimik Niya ang nagngangalit na tubig; lumakad Siya sa ibabaw ng namumuting mga alon; bumuhay Siya ng mga patay. Ngayon ay ipinahayag Niyang "ang lahat ng kapamahalaan" ay naibigay na sa Kaniya. Dinala

ng mga salita Niya ang mga isipan ng mga nakikinig sa Kaniya sa ibabaw ng mga bagay na makalupa at lumilipas hanggang sa mga bagay na makalangit at walang-hanggan. Sila'y nangataas hanggang sa pinakamataas na pagkaunawa ng Kaniyang karangalan at kaluwalhatian.

Ang mga sinalita ni Kristo sa tabi ng bundok ay siyang nagpapahayag na ang sakripisyo Niya para sa tao ay lubos at ganap. Natupad na ang mga kondisyon sa pagtubos; natapos na ang gawaing ipinarito Niya sa sanlibutan. Siya'y paakyat na sa luklukan ng Diyos, upang parangalan ng mga anghel, ng mga pamunuan, at ng mga
[1196] kapangyarihan. Pumasok na Siya sa Kaniyang gawain ng pamamagitan: Nararamtan ng walang-hanggang kapangyarihan, Kaniyang ibinigay sa mga alagad ang Kaniyang utos o tagubilin: "Magsiyaon nga kayo, at turuan ninyo ang lahat ng mga bansa," "na sila'y inyong bautismuhan sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo: na ituro ninyo sa kanila na kanilang ganapin ang lahat na miutos Ko sa inyo: at narito, Ako'y samasainyong palagi, hanggang sa katapusan ng sanlibutan." Mateo 28:19, 20.

Ang bansang Hudyo ay siyang pinagkatiwalaan ng banal na katotohanan; nguni't dahil sa mga aral ng mga Pariseo ay sila'y naging pinakamapagtangi, at pinakapa-natiko sa lahat ng mga tao. Ang lahat ng bagay tungkol sa mga saserdote at mga pinuno—ang kanilang pananamit, mga kaugalian, mga seremonya, at mga sali't-saling sabi ay ginawa silang mga di-karapat-dapat na maging ilaw ng sanlibutan. Itinuring nilang ang sanlibutan ay sila mismo, na bansang Hudyo. Nguni't itinagubilin ni Kristo sa Kaniyang mga alagad na ang itanyag nila ay isang pananampalataya at pagsamba na walang itinatanging mga lipi ng mga tao o bansa, isang pananampalatayang magiging agpang o nababagay sa lahat ng mga bayan, sa lahat ng mga bansa, at sa lahat ng uri ng mga tao.

Bago iniwan ni Kristo ang Kaniyang mga alagad, ay malinaw Niyang sinabi sa kanila ang uri ng Kaniyang kaharian. Ipinaalaala Niya sa kanila ang sinabi Niya nang una tungkol dito. Ipinahayag Niyang hindi Niya panukalang magtatag sa sanlibutang ito ng isang kahariang ukol sa lupang ito, kundi isang espirituwal na kaharian. Hindi Siya uupo sa luklukan ni David bilang isang hari sa lupa. Muli Niyang binuklat sa kanila ang mga Kasulatan, na ipinakikilala na ang lahat Niyang pinagdaanan ay siyang itinakda ng langit ayon

sa pinagkasunduan Niya at ng Ama. Lahat ay pauna nang sinabi
ng mga taong kinasihan ng Espiritu Santo. Sinabi Niya, Nakikita [1197]
ninyo na ang lahat ng Aking inihayag sa inyo tungkol sa pagtanggi sa Akin bilang Mesiyas ay nangyari. Lahat ng Aking sinabi tungkol sa paghihirap na Aking titiisin at ang kamatayang Aking daranasin, ay ganap na natupad. Nang ikatlong araw ay bumangon Akong muli. Masikap na inyong saliksikin ang mga Kasulatan, at inyong makikitang sa lahat ng mga bagay na ito ay pawang nangatupad ang mga tiyak na sinasabi ng hula tungkol sa Akin.

Tinagubilinan ni Kristo ang Kaniyang mga alagad na gawin ang gawaing iniwan Niya sa kanilang mga kamay, na pasisimulan sa Jerusalem. Ang Jerusalem ay siyang naging pook ng kagila-gilalas Niyang pagpapakababa alang-alang sa Judea ang pook Niyang sinilangan. Doon, sa Kaniyang pagkakatawang-tao, ay lumakad Siyang kasama ng mga tao, at iilan ang nakaunawa kung gaano kalapit dumating ang langit sa lupa nang si Jesus ay nasa gitna nila. Sa Jerusalem dapat magpasimula ang paggawa ng mga alagad.

Dahil sa lahat ng binata ni Kristo doon, at dahil din sa paglilingkod Niya roon na di-pinahalagahan ng mga tao, ay dapat sanang makiusap ang mga alagad na sila'y suguin sa isang lalong may ipinangangakong bukiran; nguni't hindi sila nakiusap nang gayon. Ang lupang hinasikan Niya ng binhi ng katotohanan ay dapat linangin ng mga alagad, at ang binhi ay sisibol at magbibigay ng masaganang ani. Sa kanilang paggawa ay masasagupa ng mga alagad ang pag-uusig dahil sa inggit at poot ng mga Hudyo; nguni't ito'y napagtiisan ng kanilang Panginoon, at kaya nga hindi nila ito dapat takasan. Ang mga unang pag-aalok ng kahabagan ay dapat gawin sa mga nagsipatay sa Tagapagligtas.

At sa Jerusalem ay marami ang palihim na nagsisam-palataya kay Jesus. at marami rin ang dinaya naman ng mga saserdote at
mga pinuna. Sa mga ito ay dapat din namang ipakilala ang ebanghe- [1198]
lyo. Dapat silang tawagin upang magsipagsisi. Dapat ipaliwanag ang kahanga-hangang katotohanan na sa pamamagitan lamang ni Kristo matatamo ang kapatawaran ng mga kasalanan. Samantalang napupukaw ang buong Jerusalem dahil sa naka-gigimbal-ngdamdaming mga pangyayari sa nagdaang ilang linggo, ay makagagawa ng pinakamalalim na pagkikintal ang pangngangaral ng ebanghelyo:

Nguni't ang gawain ay hindi dapat tumigil dito. Dapat itong palaganapin hanggang sa kadulu-duluhang mga hangganan ng lupa. Sinabi ni Kristo sa Kaniyang mga alagad, Naging mga saksi kayo ng Aking buhay na mapagsakripisyo alang-alang sa sanlibutan. Nasaksihan ninyo ang Aking mga paggawa para sa Israel. Bagama't ayaw nilang lumapit sa Akin upang magtamo sila ng buhay, bagama't ginawa sa Akin ng mga saserdote at mga pinuno ang bawa't nilang maibigan, at bagama't itinakwil nila Ako gaya ng ipinagpauna na ng mga Kasulatan, gayunma'y bibigyan pa rin sila ng isa pang pagkakataon na tanggapin ang Anak ng Diyos. Nakita ninyo na ang lahat ng lumalapit sa Akin, na nagpapahayag ng kanilang mga kasalanan, ay malaya Kong tinatanggap. Ang lumalapit sa Akin ay hindi Ko itatakwil sa anumang paraan. Lahat ng may ibig, ay maaaring makipagkasundo sa Diyos, at tumanggap ng walang-hanggang buhay. Sa inyong mga alagad Ko, ay ipinagkakatiwala Ko ang pabalitang ito ng kahabagan. Ito'y dapat munang unang ibigay sa Israel, at pagkatapos ay sa lahat ng mga bansa, mga wika, at mga bayan. Dapat itong ibigay sa mga Hudyo at sa mga Hentil. Lahat ng sumasampalataya ay dapat matipon sa pagiging isang iglesya.

Sa pamamagitan ng kaloob ng Espiritu Santo ay tatanggap ang mga alagad ng kahanga-hangang kapangyarihan. Ang patotoo nila ay dapat pagtibayin ng mga tanda at mga kababalaghan. Gagawa ng
[1199] mga himala, hindi lamang ang mga apostol, kundi ang tumatanggap din naman ng pabalita nila. Sinabi ni Jesus, "Mangagpapalabas sila ng mga demonyo sa Aking pangalan; mangagsa-salita sila ng mga bagong wika; sila'y magsisihawak ng mga ahasat kung magsiinom sila ng bagay na nakama-matay, sa anumang paraan ay hindi makasasama sa kanila; ipapatong nila ang kanilang mga kamay sa mga maysakit, at sila'y magsisigaling." Marcos 16:17, 18.

Nang panahong yaon ay madalas gawin ang panla lason. Hindi nagsipag-atubiling alisin ng mga taong walang-simulain sa pamamagitan ng paraang ito ang mga nakakahadlang sa kamlang layunin. Batid ni Jesus na ang buhay ng Kaniyang mga alagad ay manganganib din nang ganito. Ituturing ng marami na sila'y naglilingkod sa Diyos kung kanilang patayin ang Kaniyang mga saksi. Kaya nga pinangakuan Niya silang ililigtas sa panganib na ito.

Ang mga alagad ay magkakaroon ng kapangyarihang gaya rin ng na kay Jesus na magpagaling "ng lahat ng sari-saring sakit at

ng lahat ng karamdaman na nasa mga tao." Sa pamamagitan ng pagpapagaling ng mga sakit ng katawan sa Kaniyang pangalan, ay patutunayan nilang Siya'y may kapangyarihang magpagaling din ng kaluluwa. Mateo 4:23; 9:6. At ipinangako sa kanila ang isang bagong kaloob. Mangangaral ang mga alagad sa ibang mga bansa, at sila'y tatanggap ng kapangyarihang makapagsalita ng ibang mga wika. Ang mga apostol at ang kanilang mga kasama ay mga taong di-nakapag-aral, gayon pa man sa pamamagitan ng pagbubuhos ng Espiritu noong araw ng Pentekostes, ang pagsasalita nila, maging sa sarili o banyagang wika, ay naging dalisay, payak, at husto, sa salita at sa bigkas.

Ganyan ang tagubiling ibinigay ni Kristo sa Kaniyang mga alagad. Hindi Siya nagkulang ng kahit isang maliit na bagay upang maisagawa ang gawain, at inako Niya ang kapanagutan sa ikapagtatagumpay nito. [1200] Habang tinatalima nila ang Kaniyang salita, at nagsisigawa sila nang kaugnay Siya, ay hindi sila mabibigo. Magsiyaon kayo sa lahat ng mga bansa, atas Niya sa kanila. Magsiyaon kayo hanggang sa kalayu-layuang bahagi ng sanlibutan na tinatahanan ng mga tao, nguni't alamin ninyong naroroon din Ako. Magsigawa kayong may pana nampalataya at pagtitiwala, sapagka't di-kailanman darating ang panahong kayo'y pababayaan Ko.

Ang tagubilin ng Tagapagligtas sa mga alagad ay sumasaklaw sa lahat ng mga sumasampalataya. Sinasaklaw nito ang lahat ng mga nagsisisampalataya kay Kristo hanggang sa wakas ng panahon. Isang mapanganib na kamalian na akalain na ang gawaing pagliligtas ng mga kaluluwa ay dapat iasa lamang sa mga ministrong ordinado. Lahat ng mga dinatnan ng tawag ng langit ay mga pinagkatiwalaan din naman ng ebanghelyo. Lahat ng mga tumatanggap ng buhay ni Kristo ay mga itinalaga upang gumawa sa ikaliligtas ng kanilang mga kapwa-tao. Dahil sa gawaing ito kaya itinatag ang iglesya, at lahat ng mga tumatanggap sa kanilang mga sarili ng mga banal na pangako nito ay nangangakong magiging mga kamanggagawa ni Kristo.

"Ang Espiritu at ang kasintahang-babae ay nagsasabi, Halika. At ang nakikinig ay magsabi, Halika." Apocalipsis 22:17. Ang paanyaya ay dapat ulitin sa iba ng bawa't nakakarinig. Anuman ang hanapbuhay ng isang tao, ang unang dapat niyang pagmalasakitan ay ang paghikayat ng mga kaluluwa para kay Kristo. Maaaring hindi

niya kayang magsalita sa mga kapulungan, nguni't makaga-gawa naman siya sa bawa't tao. Dito'y masasabi niya ang tagubiling tinanggap niya sa kaniyang Panginoon. Ang ministeryo ay hindi binubuo lamang ng pangangaral. Yaon mang naglilingkod sa ik-
[1201] agiginhawa ng mga maysakit at nahihirapan, na tumutulong sa mga nangangailangan, na nagsasalita ng mga salitang makaaaliw sa mga nanganlulupaypay at sa mga may mahihinang pananampalataya ay nasa ministeryo rin. Sa malapit at sa malayo ay may mga kaluluwang tigib ng pagkakasala. Hindi hirap, paggawa, o pagsasalat ang nagpapababa sa tao kundi kasalanan at paggawa ng masama. Ito ang nagdudulot ng di-pagkapalagay at ng kawalang-kasiyahan. Nais ni Kristong ang Kaniyang mga lingkod ay tumulong sa mga kaluluwang lugami sa pagkakasala.

Pasisimulan ng mga alagad ang kanilang gawain sa dakong kinaroroonan nila. Ang pinakamahirap at ang lalong walang-ipinangangakong bukiran ay hindi dapat lampasan. Kaya ang bawa't isang manggagawa ni Kristo ay dapat magsimula sa dakong kinaroroonan niya. Sa sarisarili nating mga pamilya ay maaaring may mga kaluluwang nagugutom sa pakikiramay, at nagugutom sa tinapay ng buhay. Maaaring may mga batang dapat turuan o sanayin para kay Kristo. May mga di-sumasampalataya sa ating mga pintuan mismo. Gawin natin nang buong katapatan ang gawaing pinakamalapit. Pagkatapos ay saka natin palawakin ang ating mga paggawa nang alinsunod sa ipapatnubay ng kamay ng Diyos. Ang gawain ng marami ay maaaring lumitaw na nahahadlangan ng mga pangyayari; subali't, saanman ito naroroon, kung gaganapin ito nang may pananampalataya at pagsusumikap ay madarama ito hanggang sa kadulu-duluhang mga dako ng lupa. Ang gawain ni Kristo nang Siya'y nasa lupa ay lumitaw na parang sumasaklaw lamang sa isang maliit na bukiran, nguni't ang mga karamihang buhat sa lahat ng mga bansa ay nakarinig ng Kaniyang pabalita. Malimit gumamit ang Diyos ng pinakasimpleng paraan upang makapagtamo ng pinakamalalaking bunga. Panukala Niya na ang bawa't bahagi ng Kaniyang gawain ay umasa sa bawa't ibang bahagi, na tulad ng isang gulong
[1202] sa loob ng isang gulong, na lahat ay gumagawang magkakatugma. Ang pinakaabang manggagawa, na kinikilos ng Espiritu Santo, ay kakalabit ng mga di-nakikitang kuwerdas, na ang lunog ay mag-iin-

ugong hanggang sa mga wakas ng lupa, at gagawa ng matamis na himig sa buong panahong walang-hanggan.

Datapwa’t ang utos na, “Magsiyaon kayo sa buong sanlibutan,” ay hindi dapat kaligtaan. Tayo’y tinatawa-gang magsitingin sa “mga pook na nasa dako roon.” Ginigiba ni Kristo ang pader na naghihiwalay ng bansa sa kapwa bansa, inaalis ang pagtatangi-tangi ng mga lahi, at nagtuturo ng pag-iibigan sa buong sangkatauhan. Inaangat Niya ang mga tao mula sa makipot na kapaligiran na siyang itinatagubilin ng kanilang pagkamakasarili; pinapawi Niya ang lahat ng mga hangganang humahadlang at ang artipisyal na mga pagtatangi-tangi ng lipunan. Walang pagkakaiba sa Kaniya ang mga kababayan at mga tagaibang-lupa, ang mga kaibigan at mga kaaway. Itinu turo Niya sa atin na tingnan nating parang ating kapatid ang bawa’t kaluluwang nangangailangan, at ang sanlibutan bilang bukiran natin.

Nang sabihin ng Tagapagligtas na, “Magsiyaon kayo, ... turuan ninyo ang lahat ng mga bansa,” ay sinabi rin naman Niyang, “Lalakip ang mga tandang ito sa magsisisampalataya; mangagpapalabas sila ng mga demonyo sa Aking pangalan; mangagsasalita sila ng mga bagong wika; sila’y magsisihawak ng mga ahas; at kung magsiinom sila ng bagay na makamamatay, sa anumang paraan ay hindi makasasama sa kanila; ipapatong nila ang kanilang mga kamay sa mga maysakit, at sila’y magsisi-galing.” Ang pangako ay sinlawak ng tagubilin. Hindi sa ang lahat ng mga kaloob ay ibinibigay sa bawa’t isang sumasampalataya. Ang Espiritu ang bumabahagi “sa bawa’t isa ayon sa Kaniyang ibig.” 1 Corinto 12:11. Ngu ni’t ang mga kaloob ng Espiritu ay ipinangangako sa bawa’t sumasampalataya ayon sa kaniyang pangangailangan sa gawain ng [1203] Panginoon. Ang pangako ay mabisa at maaasahan ngayon na gaya rin naman noong panahon ng mga apostoi. “Lalakip ang tandang ito sa magsisisampa-lataya.” Ito ay karapatan ng mga anak ng Diyos, at dapat manghawak ang pananampalataya sa lahat ng maa-aring matamo bilang isang pagpapatibay ng pananampalataya.

“Ipapatong nila ang kanilang mga kamay sa mga maysakit, at sila’y magsisigaling.” Ang sanlibutang ito ay isang bahay na puno ng sari-saring sakit, nguni’t naparito si Kristo upang magpagaling ng mga maysakit, at upang magtanyag ng kaligtasan sa mga bihag ni Satanas. Siya na rin sa Kaniyang sarili ay kalusugan at kalakasan.

Ibinigay Niya ang Kaniyang buhay sa mga maysakit, sa mga nahihirapan, sa mga inaalihan ng mga demonyo. Wala Siyang tinanggihan sa sinumang lumapit upang tumanggap ng Kaniyang pagpapagaling. Batid Niyang ang mga nakiusap sa Kaniya na humihingi ng tulong ay nangahawa ng sakit; gayunman ay hindi Niya tinanggihang sila'y pagalingin. At nang ang bisang buhat kay Kristo ay pumasok sa mga kaawa-awang kaluluwang ito, sila'y nangasumbatan sa kanilang kasalanan, at marami ang nagsigaling sa kanilang espirituwal na sakit, gayundin naman sa kanilang mga karamdaman sa katawan. Angkin pa rin ng ebanghelyo ang kapang-yarihan ding ito, at bakit nga hindi na tayo nakakakita ng ganito ring mga bunga?

Nararamdaman ni Kristo ang mga paghihirap ng bawa't nagdurusa. Kapag sinisira ng masasamang espiritu ang katawan ng tao, ay nararamdaman ni Kristo ang sumpa. Kapag inaapoy ng lagnat ang daloy ng buhay, ay nararamdaman Niya ang hirap. At Siya naman ay handang magpagaling sa mga maysakit ngayon na gaya nang Siya ay naririto sa lupa. Ang mga lingkod ni Kristo ay siya Niyang
[1204] mga kinatawan, na mga kinakasangkapan sa Kaniyang paggawa. Nais Niyang sa pamamagitan nila ay magamit Niya ang Kaniyang kapangyarihang nagpapagaling.

Sa paraan ng pagpapagaling ng Tagapagligtas ay may mga aral Siya para sa Kaniyang mga alagad. Sa isang pangyayari ay pinahiran Niya ng putik ang mga mata ng lalaking bulag, at ito'y inatasang, "Humayo ka, maghugas ka sa tangke ng Siloe. ... Siya nga'y humayo, at naghugas, at nagbalik na nakakakita." Juan 9:7. Maaaring sa kapangyarihan lamang ng Dakilang Tagapagpa-galing ay gumaling na ang tao, nguni't gumamit pa rin si Kristo ng mga simpleng sangkap ng katalagahan. Bagaman at hindi Niya sinasang-ayunan ang paggamit ng droga, ay pinayagan naman Niya ang paggamit ng simple at likas na mga panlunas.

Sa maraming maysakit na pinagaling ni Kristo, ay sinabi Niya, "Huwag ka nang magkasala, baka mangyari pa sa iyo ang lalong masama." Juan 5:14. Sa ganyan ay itinuro Niyang ang pagkakasakit ay bunga ng paglabag sa mga kautusan ng Diyos, maging natural o espirituwal. Ang malaking kahirapang nasa sanlibutan ay wala sana ngayon kung tumalima lamang ang mga tao sa panukala ng Maykapal.

Si Kristo ang naging patnubay at tagapagturo ng matandang Israel, at itinuro Niya sa kanila na ang kalusugan ay bunga ng pagtalima sa mga kautusan ng Diyos. Ang Dakilang Manggagamot na nagpagaling ng mga maysakit sa Palestina ay nagsalita sa Kaniyang bayan buhat sa haliging ulap, na sinabi sa kanila kung ano ang dapat nilang gawin, at kung ano naman ang gagawin ng Diyos para sa kanila. "Kung iyong didinggin nang buong sikap ang tinig ng Panginoon mong Diyos," wika Niya, "at iyong gagawin ang matwid sa Kaniyang mga mata, at iyong didinggin ang Kaniyang mga utos, at iyong gaganapin ang lahat Niyang mga palatuntunan, ay wala [1205]
Akong ilalagay na mga karamdaman sa iyo, na gaya ng inilagay Ko sa mga Ehipsiyo: sapagka't Ako ang Panginoon na nagpapagaling sa iyo." Exodo 15:26. Nagbigay si Kristo sa Israel ng tiyak na tagubilin tungkol sa mga kaugalian nila sa buhay, at tiniyak Niya sa kanila na, "Ilalayo sa iyo ng Panginoon ang lahat ng sakit." Deuteronomio 7:15. Nang tupdin nila ang mga kondisyon, ay tinupad naman Niya sa kanila ang pangako. "Hindi nagkaroon ng mahinang tao sa kanilang mga lipi." Awit 105:37.

Ang mga aral na ito ay para sa atin. May mga kondisyong dapat tupdin ng lahat ng nagnanais na makapagingat ng kalusugan. Dapat matutuhan ng lahat kung ano ang mga kondisyong ito. Hindi ikinalulugod ng Panginoong hindi natin maalaman ang tungkol sa Kaniyang mga kautusan, maging natural o espirituwal. Dapat tayong maging mga manggagawang kasama ng Diyos sa pagsasauli ng kalusugan sa katawan gayundin sa kaluluwa.

At dapat nating ituro sa mga iba kung paano maiingatan at mapananauli ang kalusugan. Dapat nating gamitin sa mga maysakit ang mga panlunas na inilagay ng Diyos sa katalagahan, at dapat nating ituro sila sa Kaniya na siya lamang makapagpapagaling. Ang gawain natin ay dalhin kay Kristo ang mga maysakit at mga nahihirapan sa mga bisig ng ating pananampalataya. Dapat natin silang turuan na sumampalataya sa Dakilang Tagapagpagaling. Dapat nating panghawakan ang Kaniyang pangako, at idalangin ang pagpapakita ng Kaniyang kapangyarihan. Ang pinakalikas ng ebanghelyo ay pagsasauli, at nais ng Tagapagligtas na atasan natin ang mga maysakit, ang mga walang-pag-asa, at ang mga nahihirapan na manghawak sa Kaniyang kalakasan.

Ang kapangyarihan ng pag-ibig ay kasama sa lahat ng pagpapa-
[1206] galing ni Kristo, at sa pamamagitan lamang ng pagtanggap sa pag-ibig na yaon, sa pamamagitan ng pananampalataya, maaari tayong maging mga kasangkapan sa Kaniyang gawain. Kung kinaliligtaan nating ikawing ang ating mga sarili sa banal na pagkakaugnay kay Kristo, ang agos ng nagbibigay-buhay na lakas ay hindi makadadaloy sa mga tao buhat sa atin. May mga pook na hindi nakagawa ang Tagapagligtas ng maraming mga kababalaghang gawa dahil sa kanilang di-paniniwala. Ganyan din naman ngayon, ang di-paniniwala ay siyang naghihiwalay sa iglesya sa kaniyang Diyos na Tumutulong. Ang panghahawak niya sa mga bagay na walang-hanggan ay mahina. Dahil sa kakulangan niya ng pananampalataya, ang Diyos ay nabibigo, at nananakawan ng Kaniyang kaluwalhatian.

Sa paggawa ng gawain ni Kristo napapasa iglesya ang pangako ng Kaniyang pakikisama. Magsiyaon kayo, turuan ninyo ang lahat ng mga bansa, wika Niya; "at narito, Ako'y sumasainyong palagi, hanggang sa katapusan ng sanlibutan." Ang pagpapasan ng Kaniyang pamatok ay isa sa unang mga kondisyon upang matanggap ang Kaniyang kapangyarihan. Ang buhay ng iglesya ay nakasalalay sa kaniyang tapat na pagtupad ng tagubilin ng Panginoon. Ang pagpapabaya sa gawaing ito ay tiyak na magdudulot ng espirituwal na panghihina at pagkamatay. Pagka walang masikap na paggawa para sa mga iba, ay kumukupas ang pag-ibig, at nanghihina ang pananampalataya.

Panukala ni Kristo na ang mga ministro Niya ay maging mga tagapagturo ng iglesya sa gawain ng ebanghelyo. Dapat nilang ituro sa mga tao kung paano haha-napin at ililigtas ang mga nawawala. Subali't ito ba ang kanilang ginagawa? Ay, ilan nga ang nagsisipagpagal na paypayan ang baga ng buhay sa isang iglesyang malapit nang mamatay! Ilan ngang mga iglesya ang inaalagaang tulad sa
[1207] mga tupang may sakit niyaong mga dapat sana'y nagsisipaghanap sa mga tupang nawawaglit! At samantala'y angaw-angaw naman ang nangapapa-hamak nang walang Kristo.

Nakilos ang pag-ibig ng Diyos hanggang sa kaibuturan nito alang-alang sa mga tao, at nanggigilalas ang mga anghel na makita sa mga nagsitanggap ng gayong kalaking pag-ibig ang paimbabaw na pasasalamat. Nanggigilalas ang mga anghel sa mababaw na pagpapahalaga ng tao sa pag-ibig ng Diyos. Nagagalit ang Langit

sa ipinakikitang pagpapabaya sa kaluluwa ng mga tao. Nais ba nating malaman kung paano ito pinahahalagahan ni Kristo? Ano kaya ang magiging pakiramdam ng isang ama at isang ina, kung maalaman nila, na ang kanilang anak na nawala dahil sa lamig ng niyebe, ay nilampasan at pinabayaang mamatay niyaong mga dapat sana'y nakapagligtas dito? Hindi ba sila labis na maghihinagpis at mapopoot? Hindi ba nila tutuligsain ang mga mama-matay-taong yaon sa tindi ng galit na kasing-init ng kanilang mga luha, at kasinsidhi ng kanilang pag-ibig? Ang mga paghihirap ng bawa't tao ay paghihirap din ng anak ng Diyos, at yaong mga hindi naglalawit ng kamay upang tulungan ang kanilang napapahamak na mga kapwa kinapal ay nag-aanyaya ng matwid na galit Niya. Ito ang galit ng Kordero. Lahat ng nagsasabing nakikisama kay Kristo, nguni't nagwawalang-bahala naman sa mga pangangailangan ng kanilang mga kapwa tao, ay pagsasabihan Niya sa dakilang araw ng paghuhukom nang ganito, "Hindi Ko kayo nangakikilala kung kayo'y tagasaan; magsilayo kayo sa Akin, kayong lahat na manggagawa ng kalikuan." Lukas 13:27.

Sa tagubiling ibinigay ni Kristo sa Kaniyang mga alagad, ay hindi lamang binalangkas Niya ang kanilang gagawin, kundi binigyan din naman sila ng kanilang pabalita. Ituro ninyo sa mga tao, sabi Niya, "na kanilang ganapin ang lahat ng mga bagay na iniutos Ko sa inyo." Dapat ituro ng mga alagad ang itinuro ni Kristo. [1208]
Kasama rito hindi lamang yaong mga sinalita Niya mismo, kundi yaon din namang mga sinabi Niya sa pamamagitan ng lahat ng mga propeta at mga guro ng Matandang Tipan. Ang aral na buhat sa tao ay hindi isinasama. Hindi isinasama ang sali't-saling sabi, ang mga teorya at mga pala-palagay ng mga tao, o ang batas ng simbahan. Walang mga kautusang itinakda ng kapangyarihang eklesiyastiko na kasama sa tagubilin. Hindi ang mga ito ang dapat ituro ng mga lingkod ni Kristo. "Ang kautusan at ang mga propeta," na kasama ang tala ng sarili Niyang mga salita at mga ginawa, ay siyang kayamanang ipinagkatiwala sa mga alagad upang ibigay sa sanlibutan. Pangalan ni Kristo ang siya nilang bukang-bibig, ang kanilang pinakatandang pagkakakilanlan, ang kanilang tali ng pagkakaisa, ang kapangyarihan sa hakbang na kanilang gagawin, at siyang pagmumulan ng kanilang tagumpay. Anumang bagay

na hindi nagtataglay ng Kaniyang pangalan ay hindi kikilalanin sa Kaniyang kaharian.

Ang ebanghelyo ay dapat ipakilala, hindi tulad sa isang teoryang patay, kundi tulad sa isang buhay na lakas upang bumago ng kabuhayan. Hinahangad ng Diyos na ang mga nagsisitanggap ng Kaniyang biyaya ay maging mga saksi sa kapangyarihan nito. Yaong mga namuhay ng nakapopoot sa Kaniya ay malaya't malugod Niyang tinatanggap; kapag sila'y nagsisisi, ibinibigay Niya sa kanila ang Kaniyang Banal na Espiritu, inilalagay sila sa pinakamatataas na tungkuling pinagkakatiwalaan, at isinusugo sila sa pook ng mga ditapat upang itanyag ang Kaniyang walang-hanggang kaawaan. Ibig Niyang ang Kaniyang mga lingkod ay magpatotoo sa katotohanan na sa pamamagitan ng Kaniyang biyaya ay maaaring makapag-angkin ang mga tao ng likas na katulad ng dakilang pag-ibig. Ibig Niyang
[1209] tayo'y magpatotoo sa katotohanan na hindi Siya masisiyahan hanggang sa ang buong sangkatauhan ay naibalik at naisauli sa kanilang mga banal na karapatan bilang Kaniyang mga anak na lalaki at mga anak na babae.

Na kay Kristo ang kabaitan ng pastor, ang pagmamahal at pagibig ng magulang, at ang di-mapapanta-yang biyaya ng mahabaging Tagapagligtas. Ipinakikilala Niya ang Kaniyang mga pagpapala sa pinakanakakaha-halinang pangungusap. Hindi siya nasisiyahan na ipaha-yag lamang ang mga pagpapalang ito; ipinakikilala Niya ang mga ito sa lalong kaakit-akit na paraan, upang ma-kapag-udyok ng isang pagnanasa na maangkin ang mga ito. Sa ganyang paraan dapat ipakilala ng Kaniyang mga lingkod ang mga kayamanan ng kaluwalhatian ng dimatingkalang Kaloob. Palalambutin at pasusukuin ng kahanga-hangang pag-ibig ni Kristo ang puso ng mga tao, samantalang ang karaniwang pag-uulit ng mga aral ay walang ibubungang anuman. "Inyong aliwin, inyong aliwin ang Aking bayan, sabi ng inyong Diyos." "Oh ikaw na nagsasabi ng mga mabubuting balita sa Siyon, sumampa ka sa mataas na bundok; Oh ikaw na nagsasabi ng mga mabubuting balita sa Jerusalem, ilakas mo ang iyong tinig na may kalakasan; ilakas mo, huwag kang matakot; sabihin mo sa mga bayan ng Juda, Tingnan ninyo ang inyong Diyos! ... Kaniyang papastulin ang Kaniyang kawan na gaya ng pastor: Kaniyang pipisanin ang mga kordero sa pamamagitan ng Kaniyang kamay, at dadalhin sila sa Kaniyang sinapupiman." Isaias 40:1, 9-11. Sabihin

ninyo sa mga tao na Siya "ang Pinakama-inam sa sampung libo," at Siya ang "totoong kaibig-ibig." Awit ng mga Awit 5:10, 16. Hindi ito maisasaysay ng mga salita lamang. Bayaang ito'y maaninag sa likas at makita sa kabuhayan. Si Kristo'y nakaupo at ang larawan Niya'y kinukuha't isinasalin sa bawa't alagad. Bawa't isa ay iti-
nalaga ng Diyos na maging "katulad ng larawan ng Kaniyang Anak." [1210]
Roma 8:29. Sa bawa't isa ay dapat makita ng sanlibutan ang mapagpahinuhod na pag-ibig ni Kristo, ang Kaniyang kabanalan, kaamuan, kaawaan, at katotohanan.

Ang mga unang alagad ay nagsiyaong ipinangangaral ang salita. Inihayag nila si Kristo sa kanilang mga kabuhayan. At ang Panginoon ay gumawang kasama nila, "na pinatototohanan ang salita sa pamamagitan ng mga tandang kalakip." Marcos 16:20. Inihanda ng mga alagad na ito ang kanilang mga sarili para sa kanilang gawain. Bago dumating ang araw ng Pentekostes ay nagkatipon sila, at kanilang inalis ang lahat nilang mga di-pagkakaunawaan at pagtataniman ng loob. Nangag-kaisa sila. Sinampalatayanan nila ang pangako ni Kristo na ibibigay sa kanila ang pagpapala, at sila'y nagsipanalanging may pananampalataya. Hindi nila hininging sila lamang ang pagpalain; matindi ang kanilang pagnanais na magligtas ng mga kaluluwa. Ang ebanghelyo ay dapat dalhin hanggang sa kadulu-duluhang mga bahagi ng lupa, at kanilang hininging ibigay sa kanila ang kapangyarihang ipinangako ni Kristo. Nang magkagayon nga'y ibinuhos ang Espiritu Santo, at libu-libo ang nangahikayat sa isang araw.

Kaya magkakaganyan din ngayon. Sa halip na mga pala-palagay ng mga tao ang ipangaral, ay salita ng Diyos ang ipangaral. Iwaksi ng mga Kristiyano ang kanilang mga pagtatalu-talo, at ipasakop nila ang kanilang mga sarili sa Diyos para sa ikaliligtas ng mga nawawaglit. Bayaang sa pananampalataya'y hingin nila ang pagpapala, at ito ay darating. Ang pagbubuhos ng Espiritu noong panahon ng mga apostol ay siyang "unang ulan," at maluwalhati ang naging bunga. Nguni't ang "huling ulan" ay magiging lalo pang masagana. Joel 2:23.

Lahat ng nangagtatalaga sa Diyos ng kanilang kaluluwa,
katawan, at espiritu ay patuloy na tatanggap ng bago at bagong [1211]
lakas ng katawan at pag-iisip. Ang dinauubos na panustos ng langit ay naghihintay sa kanila. Ibinibigay sa kanila ni Kristo ang hinga

ng Kaniyang sariling espiritu, ang buhay ng sarili Niyang buhay. Ibinubuhos naman ng Banal na Espiritu ang buong lakas nito upang gumawa sa puso at pag-iisip. Pinalalaki at pinararami ng biyaya ng Diyos ang kanilang mga kakayahan, at ang biyayang ito ay siyang nagpapasakdal sa banal na likas at tumutulong sa gawaing pagliligtas ng mga kaluluwa. Sa pamamagitan ng pakikipagtulungan kay Kristo ay nagiging ganap sila sa Kaniya, at bagaman sila'y mahihina sa kanilang pagkatao ay naaaring magawa nila ang mga gawa ng Makapangyarihan sa lahat.

Pinananabikan ng Tagapagligtas na ihayag ang Kaniyang biyaya at itatak ang Kaniyang likas sa buong sanlibutan. Ito ay Kaniyang biniling pag-aari, at nais Niyang ang mga tao ay palayain, linisin, at pabanalin. Bagaman hinahadlangan ni Satanas ang layuning ito, gayunman sa pamamagitan ng dugong nabuhos dahil sa sanlibutan ay may mga tagumpay na makakamtan na magdudulot ng kaluwalhatian sa Diyos at sa Kordero. Hindi masisiyahan si Kristo hanggang sa maging ganap ang tagumpay, at "Siya'y makakakita ng pagdaramdam ng Kaniyang kaluluwa, at masisiyahan." Isaias 53:11. Lahat ng mga bansa sa lupa ay makakarinig ng ebanghelyo ng Kaniyang biyaya. Hindi lahat ay tatanggap ng Kaniyang biyaya; subali't "isang binhi ay maglilingkod sa Kaniya; ito'y ibibilang sa Panginoon sa susunod na salin-ng-lahi." Awit 22:30. "Ang kaharian at ang kapangyarihan, at ang kadakilaan ng mga kaharian sa silong ng buong langit, ay mabibigay sa bayan ng mga banal ng Kataas-taasan," at "ang lupa ay mapupuno ng kaalaman ng Panginoon, gaya ng tubig na tumatakip sa dagat." "Sa gayo'y katatakutan nila ang pangalan
[1212] ng Panginoon mula sa kanluran, at ang Kaniyang kaluwalhatian ay mula sa sikatan ng araw." Daniel 7:27; Isaias 11:9; 59:19.

"Anong pagkaganda sa mga bundok ng mga paa niyaong nagdadala ng mga mabubuting balita, na naghahayag ng kapayapaan; na nangagdadala ng mga mabubuting balita sa ikabubuti, na nagtatanyag ng kaligtasan; na nagsasabi sa Siyon, Ang iyong Diyos ay naghahari! ... Kayo'y magbiglang magalak, kayo'y magsiawit na magkakasama, kayong mga sirang dako: ... sapagka't inaliw ng Panginoon ang Kaniyang bayan. ... Hinubdan ng Panginoon ang Kaniyang banal na bisig sa harap ng mga mata ng lahat ng mga bansa; at makikita ng lahat na mga wakas ng lupa ang pagliligtas ng
[1213] ating Diyos." Isaias 52:7.

# Kabanata 87—“Sa Aking Ama, at sa Inyong Ama”

Ang kabanatang ito ay batay sa Lukas 24:50-53; Mga Gawa 1:9-12.

Sumapit na ang oras ng pag-akyat ni Kristo sa luklukan ng Kaniyang Ama. Bilang isang banal na manana-gumpay ay babalik na Siya na taglay ang mga tropeo ng tagumpay sa mga bulwagan sa langit. Bago Siya namatay ay sinabi Niya sa Kaniyang Ama, “Natapos na ang gawaing ipinagawa Mo sa Akin.” Juan 17:4. Nang Siya’y mabuhay nang mag-uli ay nagpalumagak muna Siya sa lupa, upang ang mga alagad Niya ay mabihasa sa Kaniya sa Kaniyang nagbangon at naluwalhating katawan. Ngayon ay handa na Siyang umalis. Pinatunayan na Niyang Siya ay isang buhay na Tagapaglig-tas. Hindi na kailangan ng Kaniyang mga alagad na Siya’y dalawin pa sa libingan. Aalalahanin na nila Siya bilang naluwalhati sa harap ng sangkalangitan.

Bilang pook ng pag-akyat Niya sa langit, ay pinili ni Jesus ang dakong lubhang pinabanal ng Kaniyang kapaparoon nang Siya’y tumahan sa gitna ng mga tao. Hindi Bundok ng Siyon, na bayan ni David, ni hindi rin Bundok ng Moria, na pinagtayuan ng templo, ang dapat ngang maparangalan. Doon nilibak si Kristo at itinakwil. Doon ang mga alon ng kaawaan, na pabalik-balik pa ring taglay ang lalong malakas na alon ng pag-ibig, ay itinaboy na pabalik [1214]
ng mga pusong sintigas ng bato. Mula roon, si Jesus na pagod at naninimdim ang puso, ay umalis upang humanap ng mapagpa-pahingahan sa Bundok ng mga Olibo. Ang banal na Shekinah, sa paglisan nito sa unang templo, ay tumayo sa ibabaw ng bundok sa dakong silangan, na parang mapait sa loob na iwan ang piniling lungsod; gayon tumayo si Kristo sa ibabaw ng Bundok ng Olibo, na may pusong nananabik sa pagkakatunghay sa Jerusalem. Ang mga kakahuyan at mga liblib na libis ng bundok ay pinabanal na ng Kaniyang mga panalangin at mga luha. Sa matatarik na lugar nito ay umalingawngaw ang masasayang sigaw ng pagtatagumpay ng karamihan na nagtanyag na Siya ay hari. Sa palusong na dahilig o

gulod nito ay nakatagpo Siya ng isang tahanan, ang tahanan nina Lazaro sa Betanya. Sa halaman ng Gethsemane na nasa paanan nito ay doon Siya nanalangin at naghirap na mag-isa. Sa bundok na ito Siya magpapatibuhat ng Kaniyang pag-akyat sa langit. Sa ibabaw nito lalapag ang Kaniyang mga paa kapag Siya'y naparito nang muli. Hindi bilang isang taong bihasa sa kalungkutan, kundi bilang isang maluwalhati at matagumpay na hari ay Siya'y tatayo sa ibabaw ng Bundok ng Olibo, samantalang ang mga aleluyang Hebreo na may kasaliw na mga Hosanang Hentil, at ang mga tinig ng mga tinubos ay mag-iinugong na gaya ng isang makapangyarihang hukbo sa ganitong pagpupuri, Putungan ninyo Siya na Panginoon ng lahat!

Ngayon kasama ang labing-isang alagad na tinalunton ni Jesus ang daang patungo sa bundok. Nang sila'y dumaan sa pintuang-bayan ng Jerusalem, maraming namamanghang mga mata ang nagpukol ng tingin sa maliit na pulutong, na pinangungunahan ng Isa na noong ilang linggo lamang ang nakararaan ay hinatulan at ipinako sa krus ng mga pinuno. Hindi batid ng mga alagad na ito na ang
[1215] magiging kahuli-hulihan nilang pakikipagtagpo at pakikipag-usap sa kanilang Panginoon. Gumugol si Jesus ng panahon sa pakikipag-usap sa kanila, na inuulit ang Kaniyang dating tagubilin. Nang bumulwag na sila sa Gethsemane, ay saglit na huminto si Jesus, upang maalaala nila ang mga aral na ibinibigay Niya sa kanila noong gabi ng Kaniyang malaking paghihirap. Muli Niyang pinagmasdan ang puno ng ubas na sa pamamagitan niyon inihaiimbawa Niya noon ang pakikipagkaisa ng Kaniyang iglesya sa Kaniyang sarili at sa Kaniyang Ama; muli Niyang inulit ang mga katotohanang Kaniyang inihayag. Sa buong paligid Niya ay naroon ang mga tagapagpagunita ng Kaniyang di-mapag-higanting pag-ibig. Maging ang mga alagad Niyang lubhang napakamahal sa Kaniyang puso, ay nagsihamak at nagsitalikod sa Kaniya sa sandali ng Kaniyang pagpapa-kababa.

Namalagi si Kristo sa sanlibutan sa loob ng tatlumpu't tatlong taon; binata Niya ang pagkutya, paghamak, at paglibak nito; Siya'y itinakwil at ipinako sa krus. Ngayong Siya'y aakyat na sa Kaniyang luklukan ng kaluwalhatian,—habang sinasariwa Niya ang kawalang-utang-na-loob ng bayang Kaniyang pinarituhan upang iligtas,—hindi kaya Niya babawiin sa mga ito ang Kaniyang paglingap at pag-ibig? Hindi kaya mapapatuon ang Kaniyang pagmamahal sa kahariang yaon na nagpapahalaga sa Kaniya, at doo'y nagsisipaghin-

tay sa Kaniyang ipag-uutos ang mga anghel na di-nagkasala? Hindi; ang pangako Niya sa mga minamahal na iniwan sa lupa ay, "Ako'y sumasainyong palagi, hanggang sa katapusan ng sanlibutan." Mateo 28:20.

Pagsapit sa Bundok ng mga Olibo, nanguna si Jesus sa pagbagtas sa taluktok, hanggang sa malapit sa Betanya. Dito'y huminto Siya, at nagkatipon naman sa palibot Niya ang mga alagad. Waring nagliliwanag ang Kaniyang mukha nang buong pag-ibig na pagmasdan Niya sila. Hindi Niya pinagwikaan sila sa kanilang mga [1216]
pagkukulang at mga pagkakamali; kundi mga pangungusap na lipos [1217]
ng pagmamahal ang mga huling narinig nila na namutawi sa mga labi ng kanilang Panginoon. Nakaunat ang mga kamay na nagpapala, at para bagang tinitiyak ang Kaniyang nag-iingat na pangangalaga, Siya'y dahandahang pumaitaas na mula sa gitna nila, na hinahatak na patungo sa langit ng isang kapangyarihang higit na malakas kaysa anumang bagay na nakaaakit sa lupa. Habang Siya'y pumapaitaas, hinabol ng tingin ng nangatitilihang mga alagad ang kahuli-huling anyo ng kanilang pumapailanlang na Panginoon. Isang ulap ng kaluwalhatian ang nagkubli sa Kaniya sa kanilang paningin; at nagbalik sa kanila ang mga salita nang Siya'y tanggapin na ng ulap na karo ng mga anghel, "Narito, Ako'y sumasainyong palagi, hanggang sa katapusan ng sanlibutan." Kaalinsabay nito'y narinig nilang bumaba sa kanila ang pinakamatamis at pinakamasayang awitan ng mga anghel na koro sa langit.

Habang nakatitig pa ring patingala ang mga alagad. may mga tinig na nagsalita sa kanila na tulad ng pinakamainam na musika. Sila'y nagsilingon, at nakita nila ang dalawang anghel na nasa anyong tao, na nagsalita sa kanila, na nagsasabi, "Kayong mga lalaking taga-Galilea, bakit kayo'y nangakatayong tumitingin sa langit? itong si Jesus, na tinanggap sa langit mula sa inyo, ay paparitong gaya rin ng inyong nakitang pagparoon Niya sa langit."

Ang mga anghel na ito ay kasama ng pulutong na naghihintay sa nagliliwanag na ulap upang ihatid si Jesus sa Kaniyang tahanan sa langit. Ang dalawang anghel na ito ay siyang pinakadakila sa hukbo ng mga anghel, silang dalawa ang nagtungo sa libingan noong mabuhay na mag-uli si Kristo, at sila ang naging kasamasama Niya sa buong panahong ipinamuhay Niya sa iba baw ng lupa. Buong [1218]
pananabik na hinintay-hintay ng buong kalangitan ang wakas ng

Kaniyang pamamalagi sa isang sanlibutang dinungisan ng kasalanan. Dumating na ngayon ang sandali upang tanggapin ng sangkalangitan ang kanilang Hari. Hindi ba nasasabik ang dalawang anghel na makisama sa karamihang anghel na sumalubong at tumanggap kay Jesus? Nguni't dahil sa pakiramay at pag-ibig sa mga iniwan Niya, ay nagpaiwan sila upang bigyan sila ng kaaliwan. "Hindi baga silang lahat ay mga espiritung tagapaglingkod, na mga sinugo upang magsipaglingkod sa kapakinabangan ng mangagmamana ng kaligtasan?" Hebreo 1:14.

Si Kristo ay pumaitaas sa Langit na nasa anyong tao. Nakita ng mga alagad ang ulap na tumanggap sa Kaniya. Ang Jesus dmg iyon na lumakad at nakipag-usap at nanalanging kasama nila; na nagputul-putol ng tinapay na kasama nila; na nakasama nila sa kanilang mga daong sa dagat; at naging kasama nila nang araw ding yaon sa pag-akyat sa Bundok ng Olibo—ang Jesus ding ito ay umalis na ngayon upang makisama sa luklukan ng Kaniyang Ama. At tiniyak sa kanila ng mga anghel na ang Isang iyon na nakita nilang umakyat sa langit, ay muling pariritong gaya ng nakita nilang pag-akyat Niya sa langit. Siya'y paparitong "nasasa mga alapaap; at makikita Siya ng bawa't mata." "Ang Panginoon din ang bababang mula sa langit na may isang sigaw, may tinig ng Arkanghel, at may pakakak ng Diyos: at ang nangamatay kay Kristo ay unang mangabubuhay na mag-uli." "Pagparito ng Anak ng tao na nasa Kaniyang kaluwalhatian, na kasama Niya ang lahat ng mga anghel, kung magkagayo'y luluklok Siya sa luklukan ng Kaniyang kaluwalhatian." Apoealipsis 1:7; 1 Tesaloniea 4:16; Mateo 25:31. Sa ganyan matutupad ang pangako ng Panginoon sa Kaniyang mga alagad ria: "Kung Ako'y
[1219] pumaroon at kayo'y maipaghanda ng kalalagyan, ay muling paririto Ako, at kayo'y tatanggapin Ko sa Aking sarili; upang kung saan Ako naroroon, kayo naman ay dumoon." Juan 14:3. Marapat ngang magsaya ang mga alagad sa pag-asa sa pagbabalik ng kanilang Panginoon.

Nang magsibalik na sa Jerusalem ang mga alagad, ay nangagtaka sa kanila ang mga tao. Pagkatapos ng paglilitis at ng pagpapako kay Kristo sa krus, ay inakala nilang makikita nila sila na lupaypay at nahihiya. Inasahan ng kanilang mga kaaway na sa kanilang mga mukha ay makikitang nakabadha ang kalungkutan at pagkagapi. Nguni't sa halip nito ang nakabadha roon ay kagalakan at

pagtatagumpay. Nagliliwanag ang kanilang mga mukha sa taglay na kaligayahang hindi natatamo sa lupa. Hindi ikinahapis ang mga nabigong pag-asa, kundi lipos sila ng pagpupuri at pagpapasalamat sa Diyos. Buong katuwaang isinaysay nila ang kahanga-hangang kasaysayan ng pagkabuhay na mag-uli ni Kristo at ang Kaniyang pag-akyat sa langit, at tinanggap naman ng marami ang kanilang patotoo.

Hindi na nag-aalaala ang mga alagad tungkol sa hinaharap. Batid nilang si Jesus ay nasa langit, at sumasakanila pa rin ang Kaniyang pag-ibig at pakikiramay. Batid nilang mayroon silang isang Kaibigan sa luklukan ng Diyos, at sabik silang iharap sa Ama sa pangalan ni Jesus ang kanilang mga kahilingan. Dala ng banal na pangingimi ay yumuko sa pananalangin, na inuulit ang pangakong, "Kung hihingi ng anuman sa Ama, ay ibibigay Niya sa inyo sa Aking pangalan. Hanggang ngayo'y wala pa kayong hinihinging anuman sa pangalan Ko: kayo'y magsihingi, at kayo'y tatanggap, upang malubos ang inyong kagalakan." Juan 16:23,24. Iniunat nilang pataas nang pataas ang kamay ng pananampalataya, na may mahigpit na pakikiusap, "Si Kristo ang namatay, oo, yaong nabuhay na mag-uli, na Siya rin namang nasa kanan ng Diyos, na Siya rin namang namamagitan dahil sa atin." Roma 8:34. At hinatdan sila ng Pentekostes ng lubos [1220]
na kagalakan sa harapan ng Mang-aaliw, gaya nang ipinangako ni Kristo.

Ang buong sangkalangitan ay nangaghintay upang tanggapin ang Tagapagligtas sa mga korte sa langit. Nang Siya'y pumaitaas, Siya ang nanguna sa daan, at ang maraming bihag na nangagsilaya nang Siya'y mabuhay na mag-uli ay nangagsisunod. Ang hukbo ng kalangitan, na may mga sigaw at mga pagbubunyi ng pagpupuri at pag-aawitan, ay nakisama sa nangagsasayang mga anghel.

Nang mapalapit na sila sa Lungsod ng Diyos, ay nag utos ang mga umaabay na anghel—

"Itaas ninyo ang inyong mga ulo,
    Oh kayong mga pintuang-bayan;
At kayo'y mangataas,
    kayong mga walang-hanggang pintuan;
At ang Hari ng kaluwalhatian ay papasok."
    Buong galak namang nagsitugon ang mga tanod—

"Sino ang Hari ng kaluwalhatian?"

Ito'y sinasabi nila, hindi dahil sa di nila nakikilala kung sino Siya, kundi dahil sa ibig nilang mapakinggan ang sagot ng dakilang pagpupuri—

"Ang Panginoong malakas at makapangyarihan,
Ang Panginoong makapangyarihan sa pagbabaka!
Itaas ninyo ang inyong mga ulo,
Oh kayong mga pintuang-bayan;

At ang Hari ng kaluwalliatian ay papasok." Muling narinig ang utos, "Sino itong Hari ng kaluwalhatian?" sapagka't hindi napapagod ang mga anghel na mapakinggang ibinubunyi ang Kaniyang pangalan. Muling sumagot ang umaabay na mga anghel—

"Ang Panginoon ng mga hukbo;

Siya ang Hari ng kaluwaihatian." Awit 24:7-10. Nang magka-
[1221] gayo'y nabuksan nang maluwang ang mga pintuan ng Lungsod ng
Diyos, at ang hukbo ng mga anghel ay nagsipasok sa mga pintuan sa gitna ng nagiinugong na masasayang awitan.

Naroon ang luklukan, at sa paligid niyon ay naroon ang bahaghari ng pangako. Naroon ang mga kerubin at mga serafin. Nagkatipon ang mga pinuno ng mga hukbo ng mga anghel, ang mga anak ng Diyos, ang mga kinatawan ng mga sanlibutang di-nagkasala. Ang kapulungan ng kalangitan na doon pinaratangan ni Lucifer ang Diyos at ang Kaniyang Anak, at ang mga kinatawan ng mga di-nagkasalang sanlibutan na doon inisip ni Satanas na itatag ang kaniyang kapangyarihan at pamamahala— lahat ay naroroon upang salubungin at tanggapin ang Manunubos. Sila'y nasasabik na maipagdiwang ang Kaniyang tagumpay at maluwahati ang kanilang Hari.

Datapwa't kinawayan Niya sila na magsibalik. Hindi pa ngayon; hindi pa Niya matatanggap ngayon ang korona o putong ng kaluwalhatian at ang damit-hari. Pumasok Siya at humarap sa Kaniyang Ama. Itinuro Niya ang Kaniyang nasugatang ulo, ang inulos na tagiliran, ang nabutasang mga paa; itinaas Niya ang Kaniyang mga kamay, na nagtataglay ng pinaglagusan ng mga pako. Itinuro Niya

ang mga tanda ng Kaniyang tagumpay; iniharap Niya sa Diyos ang bigkis na inalog, ang mga nagbangong kasama Niya bilang mga kinatawan ng malaking karamihan na magsisibangon sa libingan sa Kaniyang ikalawang pagdating. Nilapitan Niya ang Ama, na naliligayahan pagka may isang makasalanang nagsisisi, na natutuwa sa isa na may pag-awit. Bago nangalagay ang mga patibayan ng lupa, nagkasundo ang Ama at ang Anak na tubusin ang tao sakaling ito ay madaig ni Satanas. Nagkamay Sila sa isang banal na pangakuan, na si Kristo ang magiging tagapanagot ng sangkatauhan. Ang pangakong ito ay tinupad ni Kristo. Nang sa Kaniyang pagkakabayubay sa krus ay isigaw Niyang, "Naganap na," sa Ama Niya ito [1222]
sinabi. Lubos na naisakatuparan ang tipanan o kasunduan. Ngayon ay sinasabi Niyang, Ama, naganap na. Ginanap Ko ang Iyong kalooban, Oh Aking Diyos. Natapos Ko na ang gawain ng pagtubos. Kung nasisiyahan na ang Iyong katarungan, "Yaong mga ibinigay Mo sa Akin, ay ibig Kong kung saan Ako naroroon, sila naman ay dumoong kasama Ko." Juan 19:30; 17:24.

Narinig ang tinig ng Diyos na nagpapahayag na ang katarungan ang nasisiyahan. Nagapi na si Satanas. Ang mga alagad ni Kristo, na nagsisipagpagal at nagsisipag-punyagi sa lupa ay pawang "tinatanggap sa Minamahal." Efeso 1:6. Sa harap ng mga anghel sa langit at ng mga kinatawan ng mga sanlibutang di-nagkasala, sila'y ipina-hayag na inaaring-ganap. Kung saan Siya naroroon, doon naman doroon ang Kaniyang iglesya. "Kaawaan at katotohanan ay nagsalubong; katwiran at kapayapaan ay naghalikan." Awit 85:10. Niyakap ng Ama ang Kaniyang Anak, at ang salita ay ibinigay, "Sambahin Siya ng lahat ng mga anghel ng Diyos." Hebreo 1:6.

Taglay ang di-mabigkas na katuwirang kinilala ng mga pamunuan at ng mga kapangyarihan ang pangingi-babaw ng Prinsipe ng buhay. Ang hukbo ng mga anghel ay nangagpatirapa sa harap Niya, habang nag-iinugong ang mga sigaw ng kagalakan sa buong bulwagan ng kalangitan, "Karapat-dapat ang Kordero na pinatay upang tumanggap ng kapangyarihan, at ng kayamanan, at ng karunungan, at ng kalakasan, at ng kapurihan, at ng kaluwalhatian, at ng pagpapala." Apocalipsis 5:12.

Mga awit ng tagumpay ang sumaliw sa tugtuging nagmumula sa mga alpa ng mga anghel, hanggang sa ang buong sangkalangitan ay waring nag-uumapaw sa katuwaan, at pagpupuri. Nanaig ang

pag-ibig. Nasumpungan ang nawala. Nag-inugong ang langit sa mai-
[1223] indayog na himig na nagsasabi, "Sa Kaniya na nakaupo sa luklukan, at sa Kordero ay ang pagpapala, at kapurihan, at kaluwalhatian, at paghahari magpakailan-kailanman." Apocalipsis 5:13.

Buhat sa tanawing yaon ng pagkakatuwaan sa langit, ay bumabalik sa atin sa lupa ang alingawngaw ng kaha-nga-hangang mga pangungusap ni Kristo, "Umaakyat Ako sa Aking Ama, at inyong Ama; at sa Aking Diyos, at inyong Diyos." Juan 20:17. Ang sambahayan sa langit at ang sambahayan sa lupa ay iisa. Dahil sa atin ay umakyat ang ating Panginoon, at dahil sa atin Siya ay nabu-buhay. "Dahil dito naman Siya'y nakapagliligtas na lubos sa mga nagsisilapit sa Diyos sa pamamagitan Niya, palibhasa'y laging nabubuhay
[1224] Siya upang mamagitan sa kanila." Hebreo 7:25.

[1225]

# Pangkalahatang Taluntunan

*Abraham*, ang layunin ng Diyos sa pagtawag kay 24, magiging alipin sa Ehipto inihayag kay 31; pananampa-lataya ni, sa pagsilang ni Isaac 109; pagiging-buhat-sa-angkan ni, makikilala sa espirituwal na pagkakaugnay 122, 123, 671, 672; nakita ang araw ni Kristo 133, 674-677.

*Adan*, umasa sa Mesiyas 30; pagtukso kay, katulad ng kay Kristo 138-142; at kay Eba, nakipagtagpo kay Kristo nang bago at pagkaraang paalisin sa Eden 397; nagdaos ng pagsamba sa kabukiran at mga kakahuyan 397.

*Agham* at awit ng walang-hanggan-ang krus 11-12; agham ng kaligtasan, mapagkikilala sa pamamagitan ng karanasan 710-711; agham o siyensiya, naging kasalanan sa pagparito ni Kristo 37.

*Aklat* ng pagkakalinga ng Diyos 432-433.

*Aklat-aralan ng sanlibutan*, ating daigdig 12.

*Alagad mga*, ang limang nauna sumunod kay Kristo 169-174; lahat ay sinubok 370, 551; di-paniniwala ng, nang pakainin ang limang libo 400-401, 517, 575; pagkatapos ng pagsasalita tungkol sa tinapay ng buhay 552553, makaraang mabuhay si Kristo 1155-1158; maling kuro-kuro ng, tungkol sa Mesiyas 1165; impluwensiya, ni Judas sa 800, 1040, 1045, ng mga Pariseo 582-583, maling kuro-kuro ng mga rabi tungkol sa Mesiyas 588, ang halimbawa at aral ni Kristo laban sa sali'tsaling sabi 488-489; kasama ni Kristo ang [1226]
pitumpu nang suguin ang labindalawa 702; kanilang pagkakilala kay Kristo sa pamamagitan ng Espiritu Santo 710; pag-asa ng, doon sa matagumpay na pagpasok 816-817, 1086; dalawang, patungo sa Emmaus 1160; doon sa bundok ng Galilea tinagubilinan ang lahat ng 1193-1200; na gagawa ng higit na dakilang mga gawa kaysa ginawa ni Kristo 968 (tingnan ang MGA APOSTOL).

*Alak*, sa kasalan 186; at tubig, mga sagisag 187; sa piging at sa Hapunan ng Panginoon, di-pinaasim 187-188, 949; bagong, sa mga bagong sisidlan, talinghaga ng 379-381.

“*Ama*” *huwag mga*, kundi ang salita ng Diyos 565; turo ng mga, tinanggap ng mga Hudyo sa halip ng kay Kristo 705-706.

*Ana*, isang saksi kay Kristo 53.

*Anak na nawala*, pinabayaan, naglalarawan ng pagpapa-baya sa mga kaluluwa 1207.

*Anas*, unang paglilitis kay Kristo sa harap ni 1012-1019; magpapatibay ng dalawang sakdal laban kay Kristo 1013-1014.

*Anghel mga*, kapangyarihan ng 1016-1017; pagmamalasakit ng, sa ikaliligtas 13, 37, 1110-1111, 1118-1119, pagpapakasakit ng 13, pagkadaya ng, ni Lusiper 14, 1107-1109; ang kabutihan ng krus sa 11-12, 21, 904, 1107, 1112-1113, 1118-1119.

*Anghel mga*, nagmamatyag sa pagsilang ni Kristo 39, 41; at ang mga pastor ng tupa 43; at ang mga pantas na lalaki 60; paglilingkod ng, kay Jesus 70, 75-76, 90, 131, 160, 318, 757, 1005-1006, kay Juan Bautista 303, sa mga sinusubok at tinutukso 632-633, 925; pakikipag-tulungan ng, sa mga tao sa pangangaral ng ebanghelyo 407-408, 636, sa paglilingkod sa mga nagbabata 719, sa mga magulang sa pagtuturo sa kanilang mga anak 740; pumapasok sa ating mga
[1227] tahanan kasama ng mga dukha 925, lumalakad na kasama ng mga tao sa pang-araw-araw na pamumuhay 45; pinapatnubayan ang mga naghahanap ng katotohanan 75, 174, 303; naghahatid ng bawat pagpapala 177-178; isinusumbat ang kasalanan 119, 414; ipinagsang-galang si Lot, si Eliseo, si Kristo 318; at ipinagsasang-galang ang mga tagasunod ni Kristo 318, 486, 501-502, 683; nagliligtas sa mga masasamang espiritu 346; naroroon sa Banal na Hapunan ng Panginoon 954-955; pakikiramay ng, kay Kristo sa paghihirap Niya at pagkamatay 1005-1006, 1016-1017, 1097, 1100-1101, 1110-1111; pagsasaya ng, sa pagtatagumpay ni Kristo 1120-1121; doon sa libingan 1138-1142, 1151-1154; pinabalitaan ang mga alagad at si Pedro 1156, inaliw ang mga alagad pagkaakyat ni Kristo 1218; inabayan si Kristo tungo sa lunsod ng Diyos 1220-1221.

*Anghel mga*, nagkasalang, dating kaluwalhatian ng 1112.

*Anluwagi*, si Jesus bilang isang 76-77; hinamak dahilan sa pagiging 313, 544.

*Apostol mga*, pagkatawag ng apat doon sa Dagat ng Galilea 329; bakit pinili ang mga mangmang na maging 330-331 (tingnan ang PAGTUTURO); pakikisama ng, kay Kristo 192, 400, 410, 488, 489, 505-509, 1179-1181; itinalaga ang labindalawa 397, 399, 402, 405,

407; pagkakaiba ng likas ng 405-406: gawain ng, bilang mga katulong ni Kristo 488, 489; upang maging mga kinatawan ni Kristo 489, 494, 497, 502, 504; unang paglalakbay-misyonero ng, paghahanda para sa 488-493; bahay-bahay na paggawa 493, 494; tagubilin sa 495-504; pagbabalik mula sa 505, 507; bakit sa mga Hudyo lamang isinugo 492; upang sumaksi sa harap ng mga hukom 497,-498; pagsusugo ng, sa pagpapa-kain sa limang libo 523; panganib ng, mula sa pagpa-palalo sa espirituwal 507, 708-709; pananampalataya ng, kay Kristo 556, 587; ang tatlo, doon sa pagbaba-gong-anyo 599-
607; pagtatalo-talo kung sino ang pinakadakila 618-619, 624-627, [1228]
780-784, 933-940, 1043-1044; pag-asa, pagkalito, pagkabigo ng, sa kinasapitan ni Juan Bautista 326, 755, doon sa Sermon sa Bundok 411, sa pagtanggi ni Kristong gawing hari 527-531, binabalaan ng tungkol sa Kaniyang pagpapakasakit 586-587, 593, 595, 597, 779-780, sa pagluluwat Niya sa pagpunta kay Lazaro 754-755, doon sa pagkakanulo 1009-1011, sa daang tungo sa Kalbaryo 1081-1083, pagkamatay Niya 1126. pagkabigo ng, na maunawaan at makilala ang likas ni Kristo 725-728, 806-807; tagubilin doon sa silid sa itaas at sa daang tungo sa Kalbaryo 963-993, pito, doon sa Dagat ng Galilea 1179, 1182-1183; ikalawang pagbatak sa lambat ng mga isda pag-ulit ng atas sa 1182-1183; doon sa bundok ng pag-akyat sa langit 1215-1217, pagkaakyat sa langit 725-728, 1218-1220.

*Araw-araw na pamumuhay*, pagsasanay para sa mataas na tungkulin 536.

*Archelaus*, likas ni 70.

"*Asin ng lupa*" 421, 631, nilalagyan ng asin ang mga paghahandog 631.

*Awit*, ng walang hanggan, ang krus 11-12, ng mga natubos 160; ng mga ibon, tinig ng Diyos nasa sa 384.

*Awit*, si Kristo ang may akda ng 11-12; noong paglalang 383, 1120-1121; ng mapanlikhang kapangyarihan 384-385; sa pagsamba sa Diyos 394-395, ng mga anghel, doon sa pagsilang ni Kristo 41-45, doon sa Kaniyang pagkabuhay na mag-uli at pag-akyat sa langit 1141, 1217, 1220-1221, kapag tumutuloy sa ating mga tahanan kasama ng mga dukha 925.

*Babaing inaagasan*, pagpapagaling sa 483-485, mga babae ng Jerusalem, tinatangisan si Kristo 1084-1085 ng Galilea doon sa libingan 1150-1155.

*Babilonia*, pagkabihag ng mga Hudyo doon sa 25-26.

[1229] *Baboy*, paglipol sa mga, doon sa Gergesa 473-474/

*Bagong Pagkapanganak*, saligan ng pagpasok sa kaharian ng Diyos 215-219, taguring ikinapit sa mga hikayat na Hudyo 217, aral ng Matandang Tipan tungkol sa 222223, paano naisagawa 225-226, paggawa ng Banal na Espiritu sa, itinulad sa hangin 219-220, aral mula sa ahas na itinaas 223-226, pagtanggi sa sarili, isang batayan ng 382, ang bunga 220-221, 225-226, 243, lubhang kailangan sa paghahanda para sa paglilingkod sa Diyos 215-219, 243.

*Bagong Utos* 987-988.

*Bagyo*, pinayapa ni Kristo, sa dagat 466-469, ng tukso 470, ng damdamin 471-472; lumalakad si Kristo sa ibabaw ng tubig nang buma-532-533.

*Bahag-hari*, nakapaligid sa luklukan ng Diyos 708.

*Balaam hula ni*, tungkol kay Kristo, batid ng mga pantas 60.

*Balita*, maging laman ng, bakit iniwasan ni Kristo 348350, 356-357, 697.

*Baliw na batang lalaki*, pagkabigo ng mga alagad na pagalingin ang 610-611, 615-616; pagpapagaling sa, ni Kristo 610-615.

*Banal na Espiritu*, gawain ng, binabago ang likas 219-221, 225-226, 243, 976-977; nagpapasigla sa tunay na pagsamba 242-243; tinutulungan ang lahat ng humahanap kay Kristo 417, 976-978; nagdudulot ng mabuting isipan 478, bumubuhay sa lahat ng mga kakayahan 332-333, 690, nagpapadakila at nagpaparangal 478-479, ipinaaalaala ang katotohanan 499, 975; tinutulungan ang mga alagad sa pakikipagtunggali sa hukbo ni Satanas at kapag nililitis dahil sa kanilang pananam-palataya 497-498; ipinagsasanggalang ang bawat nagsising kaluluwa 707, inihahayag ang malalalim na bagay ng Diyos 588-589; ginagamit tayo, at di tayo ang gagamit sa 979; iniha-hayag si Kristo sa Kaniyang mga tagasunod 977; nakikipagtulungan
[1230] sa pangangaral ng salita 977-978; pinapaging dapat ang mga alagad para sa tungkulin sa iglesya 1172-1173; nagbibigay ng kaloob na ipinangako sa pangangaral ng ebanghelyo 1198-1199, 1202-1203; nahahadlangan ng di-paniniwala at kawalan ng gawain ng iglesya 1206; pagbubuhos ng, nangangailangan ng paghahanda 1210-1211, 1219-1220; lahat ng kapangyarihan ay tina-tanggap sa pamamagitan ng 1210.

*Banal na Espiritu*, kasalanan laban sa 448-450, bunga ng pagpapabaya 450-452, 706, pagwawalang bahala sa tawag ng, na magsisi 450-452; naging bunga ng pagtanggi, ng bansang Hudyo 320, 837-838, isang babala sa atin 838.

*Banal na Espiritu*, pagkahayag ng, kay Simon at kay Ana 51-53, sa mga pantas na lalaki 60-62 sa ina ni Jesus 72, kay Zacarias 112, kay Juan Bautista 115, kay Nathanael 173, kay Nicodemo 221, sa babaing Samaritana 244, sa pitumpung alagad 709, sa kapulungan na nagbalak ng pagpatay kay Kristo 776, kay Pilato at kay Herodes 1057, 1064, sa mga alagad bago umakyat sa langit si Kristo 1172-1173.

*Banal na Espiritu*, sugo ni Kristo 495, 973; Ikatlong Persona ng Kadiyusan 977; ang Mang-aaliw, Espiritu ng katotohanan 975-977; pinakadakilang kaloob ni Kristo sa mga tagasunod 972-973, 977; mamumugnaw na apoy 124-125; itinulad sa hangin 220, kinatawan sa pagbabagong-buhay 124-125, 217-219, 977, ang simula ng buhay na walang hanggan 545-546.

*Bantayog*, para sa mga patay 890.

*Bao*, dalawang lepta ng babaing 883-887.

*Barrabas*, isang nagpanggap na mesiyas 1067; pagkakaiba ni, kay Kristo 1072-1073; nang pamiliin, pinili ng mga Hudyo si Satanas 1078-1079.

*Bata*, mga alagad maging tulad sa isang 627.

*Bata mga*, (tingnan ang PAGTUTURO, KATALAGAHAN),
halimbawa ni Kristo para sa 71, 75-81, 88-92, 102-103; pag-aakay
ng, kay Kristo 733-741; pagkamaawain Niya sa mga may kapintasan [1231]
740-741; mga kaloob ng, nakalulugod kay Kristo 805; kasama ni
Kristo doon sa templo 846-847; pagpupuri ng, ikinayamot ng mga
Pariseo 847.

*Batas mga*, ng katalagahan ang kautusan ng Diyos 1204-1205.

*Bato*, pagtuturo ni Kristo tungkol sa 435.

*Batong Panulok sa templo ni Solomon*, isang sagisag ni Kristo 855-861.

*Bayani mga*, inakala ng mga Hudyo na sila'y, sa pagpatay kay Kristo 776-777.

*Betanya*, pagdalaw ni Kristo sa 751-752, 759-760, 795-796.

*Bethabara*, si Juan Bautista nasa 161.

*Bethesda*, tangke, pagkalawkaw sa tubig ng 261; pagpa-pagaling ni Kristo doon sa 264-265.

*Bethlehem*, si Jose at si Maria doon sa 41-46; pagdalaw ng mga pantas na lalaki sa 65, 66,

*Bethsaida*, dinalaw ni Kristo at ng mga alagad ang 508, 514; pati Capernaum at Corazin, itinakwil si Kristo 705.

*Biblia*, paano pag-aaralan 550-551.

*Binhi*, pangangaral ng ebanghelyo tungkol sa 248, 519, 899.

*Binyag*, ni Juan 121; sa pamamagitan ng Banal na Espiritu at ng apoy 125; kay Kristo 130, 132; isang saksi si Satanas 137-138; na hiwalay kay Kristo, walang kabuluhan 232; pagsasalungatan tungkol sa, sa mga alagad ni Kristo at mga alagad ni Juan 229-230; ni Juan mula sa langit o sa mga tao? ang tanong ni Kristo sa mga saserdote at mga rabi 848.

*Bisyo* pinabanal na tulad ng relihiyon 37.

*Bituin ng Bethlehem*, mga anghel 60.

*Budhi*, walang taong makapipigil ng sa ibang 784-785; pamimilit ng, mula kay Satanas 701 (tingnan ang LAKAS).

*Bulaang mga tagapagturo*, umaamuki na maghangad ng
[1232] ikatataas ng sarili 281-282; hinahanap ang sarili nilang ikaluluwalhati 282, 651-652; mga magnanakaw at tulisan 689.

*Bulag at pipi*, pagpapagaling sa 447; bulag na pulubi 678, 1204, sa harap ng mga Pariseo 678-684, nahayag si Kristo sa 684-685.

*Butil*, kumitil ang mga alagad nang araw ng Sabbath 387; ng trigo, inilalarawan ang pagkamatay at pagka-buhay na mag-uli ni Kristo 899-900; aral ng pagpa-pakasakit sa sarili mula sa 900-901.

*Buwis*, pagbabayad ng, iniutos ni Kristo, buwis ng templo 619-620; mga di dapat magbayad ng 620-621; layunin ng mga Hudyo sa paghingi ng 619-620; ang katuwiran ni Kristo para sa pagbabayad ng 621; buwis, sa mga Romano, sinang-ayunan ni Kristo ang pagbabayad ng 864-865, 1055.

*Caipas*, likas ni 774-775, 1019; isang Sadduceo 1019, 1025; ipinayo ang pagpatay kay Kristo 773-777; payo ni, na dapat mamatay ang isa para sa bansa 774-775; isinakdal si Kristo sa harap ni 1019; may paniniwalang si Kristo'y kawangis ng Diyos 1020; hinapak ang kasu-utang saserdote, kahulugan ng 1025, 1027-1028; binul-yawan nila si Judas sa kaniyang pag-amin 1049; hininging hatulan ni Pilato si Kristo 1054-1078; higit pang makasalanan kaysa kay Pilato o kay

Herodes 1075; pinangangambahan ni, pagkaraan ng pagpapako sa krus 1123-1124; pagkaraan ng pagkabuhay na mag-uli 1143.

*Cana*, dalawang ulit na dinalaw ni Kristo 179, 254.

*Capernaum*, sentro ng gawain ni Kristo sa Galilea 335, 336, 346—348; pagpapagaling sa baliw doon sa sinagoga ng 340-341; pagpapagaling sa karamihan doon sa 346-347; bakit di nanatili si Kristo sa 348-349, muli't muling pagdalaw sa 360-361, 438, 480, 539-540, 618; sermon tungkol sa Tinapay ng Buhay doon sa 540-549; itinakwil si Kristo sa 538, 549-556, 705 [1233]

at ng Corazin at Bethesda, sa aba ng 705.

*Carmelo*, Bundok ng, sa paningin ng mga alagad na humiling na pababain ang apoy sa mga Samaritano 700-701.

*Cesarea Filipo*, layunin ni Kristo sa pagdalaw sa 586, 598 pagtuturo sa mga alagad doon sa 586-596.

*Corban* 561-562.

*Dakilang mga guro*, lahat nilang liwanag ay mula kay Kristo 667-668.

*Dakilang saserdote*, Hudyo, hinirang ng mga Romano 28; masasamang pamamaraan ng pagtatamo ng tungkulin 28; mga kasuotan ng, na kumakatawan sa likas ni Kristo 1026; pagkakaiba ni Kristo at ng 849-850, 1019-1020 (tingnan ang ANAS at CAIPAS.)

*Damit*, pagkakaiba ng sa mga rabi at ng kay Juan Bautista 292-293, ni Kristo 255, 876, ng kay Kristo at ng sa dakilang saserdote 849-850, ng mga alagad sa una nilang pagmimisyon 493.

*Daniel*, nasa pagkabihag nang ihayag ang kaalaman ng Diyos sa mga pagano 23; ang hula niya tungkol sa Mesiyas 30, 34, 110, 307-309; mga hula ni, na dapat maunawaan 309.

*Decapolis*, ipinangaral si Jesus ng mga pinagaling na inalihan ng demonyo doon sa 476, 574; tinanggap si Kristo doon sa 476-479, 574, 575; pagpapakain sa karamihan doon sa 575.

*Demonyo*, mga inaalihan ng, pinagaling doon sa Capernaum 341-342; dalawa, doon sa Gergesa 472-473.

*Demonyo mga*, sa anyong mga tao, doon sa paglilitis kay Kristo 1069; doon sa krus 1091-1092, 1112.

*Di-makasariling pag-ibig*, batas ng buhay 12.

*Di-pagtitiwala sa sarili*, unang aral para sa mga mangga-gawa ni Kristo 330-331, 507; saligan ng pagtanggap ng tulong mula kay Kristo 470-471, 536-537, 626.

*Di-paniniwala*, ilang mga dahilan ng, labis na panunuligsa o
[1234] pamumula 344, walang kakayahan na unawain ang mga banal na hiwaga 870.

*Di-paniniwala*, nagiging bunga ng 320-323.

*Diyos*, pamamahala at kahabagan ng 501-502; pagkaka-linga ng, para sa atin 432-433, 502. (Tingnan ang PAGIBIG)

*Dukha*, pagkasiil ng, doon sa Judea 28; sumasamba doon sa templo, kapighatian ng 195-199; utos ni Kristo tungkol sa, "Bigyan ninyo sila ng makakain" 522-523; paglilingkod sa, nakapagpapatuloy tayo ng mga anghel 925; si Kristo nakisama sa 922-927.

*Ebanghelyo*, bumabagong kapangyarihan 1208-1209.

*Ebanghelyo paanyaya ng*, sa sangkatauhan 251, 457-459, 572; ibibigay sa lahat bago muling dumating si Kristo 916, 1198, 1200

*Ebanghelyo pabalita ng*, walang lugar para sa sali't saling sabi, mga haka-haka ng tao, kautusan ng iglesya o simbahan 1207-1208.

*Ebanghelyo*, pangangaral ng, ibinigay sa mga alagad 399, 488-504; muling inulit pagkaraang mabuhay na maguli ni Kristo 1172, 1182-1183, 1193, 1200; para sa lahat ng Kristiyano 1200, 1202.

*Elias*, bakit sa balo sa Zarephath isinugo 314; panalangin ni, doon sa ilang 415, inasahan ng mga Hudyo na tagapagbalita ni Kristo 165; doon sa bundok ng pagbabagong-anyo 603-604.

*Emmaus*, pagtuturo ni Kristo nang naglalakbay patungo sa 1160-1166; pagbabalik mula sa, di-nakita, tungo sa Jerusalem 1167-1168, 1169-1170.

*Espiritismo at teosopiya* 344-345.

*Espirituwal na pagmamataas*, nanganganib ang mga apostol sa 507.

*Felipe*, isang alagad ni Juan Bautista 400-401; tinawag ni Kristo at tumawag naman kay Nathanael 171-173; nag-aalinlan-
[1235] gang pananampalataya ni 173, 400-401, 966; naging isang guro matapos ang banal na atas 401-402.

*Fenicia*, layunin ni Kristo sa pagdalaw sa 566-573.

*Gabriel*, napakita kay Zacarias 108-109, kay Daniel at kay Juang alagad 110-111, 309; sumusunod sa karangalan kay Kristo 110-111, 309.

*Galilea*, bayan ng Batang si Jesus 70; ginawang pagtanggap kay Kristo doon sa 254; ang sentro ng Kaniyang gawain 304-306; huling

pagdalaw Niya doon sa 697, pangamba ng mga alagad tungkol sa 698-699; pagtatagpo doon sa bundok ng 982, 1156-1157, 11931194.

*Galilea*, dagat ng, pangangaral ni Jesus doon sa 324-326, 465, 480, 1184-1189; silanganang baybayin ng, mama-mayang naninirahan sa 466; pagpayapa sa bagyo doon sa 467, 469; paglalakad ni Kristo doon sa 533; pag-babalik ng mga alagad sa, pagkabuhay ni Kristo 1179.

*Galit ng Kordero*, sa pagpapabaya ng mga kaluluwang nangapapahamak 1207.

*Gana sa pagkain*, larangan ng unang malaking tukso 139; bunga ng pagpapakalayaw sa 114, 139-140, 148-149; napagtagumpayan ni Kristo 140141, 147-148, 188; di-naglaan si Kristo ng kaluhuan para sa 519.

*Gantimpala*, ng paglilingkod para sa Diyos 431; ng pag-papakasakit ni Kristo 901, 992; kabahagi ang Kaniyang mga tagasunod 901.

*Gawa mga*, hindi mabibili ang kaligtasan ng 381-382, 434; ang subukan ng likas at batayan ng gantimpala 122126, 433-434, 671-672, 922, 929-930, ng awa, ang inaasa-han sa mga anak ng Diyos 490, 492, 722-723, 927-928; gagawa ang mga alagad ni Kristo ng higit kaysa Kaniyang ginawa 968-969.

*Gawaing pangkamay* 76-77.

*Gergesa*, pagpapagaling sa mga inaalihan ng demonyo doon sa 473, katunayan ng tumutubos na kapangya-rihan ni Kristo 477,
pagpapalayas kay Kristo doon sa 474; pinagaling na inaalihan ng [1236]
demonyo ang naging unang misyonero doon sa 476, naging bunga ng kanilang paggawa doon sa 476-477.

*Gerizim*, Bundok ng, templo ng mga Samaritano at ang pagsamba doon sa 241.

*Gethsemane*, ang pahingahang dako ni Kristo sa panana-langin 982, 994, 995-996; ang paghihirap Niya doon sa 995-1007; pananalangin at pagsisisi ni Pedro doon sa 1033-1034.

*Griyego mga*, dinalaw si Jesus 896-903.

*Griyego wikang*, malaganap na ang, nang pumarito si Kristo 32-33.

*Hanapbuhay at relihiyon*, halimbawa ni Kristo tungkol sa 78-79, kakatawanin ng mga Kristiyano si Kristo sa 793-794.

*Hapunan ng Panginoon*, tinapay at alak sa, hindi pina-asim 187-188, 949; ang pangako ng tipan ng pagtubos 955-956; nagtuturo sa ikalawang pagdating ni Kristo 957; gumawa ng pagtatangi sa, mali ang, 953-954, kabutihan ng tumatanggap ng 955-962.

*Hentil mga*, masisiglang mga tagapagturo sa 32, 35; nalalaman at inaasahan ang pagdating ni Kristo 32; pag-banggit ni Kristo sa, doon sa sinagoga sa Nazareth 315, 317-318; bakit ang pabalita di unang ibinigay sa mga 492; pagtitipon sa 441, kumakatawan sa pagda-law ng mga Griyego kay Jesus 898-901.

*Herodes I* at ang mga pantas na lalaki 64-68.

*Herodes Antipas*, pagkahikayat ni, sa pangangaral ni Juan 284; palagay ni, tungkol sa propeta 296; hinimok ni Herodias na ipiit at pugutan ng ulo si Juan 284-286, 296-300; sumbat ng budhi at pagkatakot ni 299-301, 507-508, doon sa paglilitis kay Kristo 1060-1065, ang huling babala ng habag kay 1064-1065.

[1237] *Herodiano mga*, nakiisa sa mga Pariseo laban kay Kristo 862.

*Herodias*, pagkapoot ni, kay Juan Bautista 284-286; masasamang balak ni, upang makapaghiganti 296-298.

*Hudyo*, mga pinili na maging tagapagdala ng liwanag 23, 242; pinagtiwalaan ng tunay na relihiyon 242; hangarin ng Diyos na mabunyi ang 24; pagtalikod ng 24, 248 —249; pagkabihag ng, 25-26; anyo ng pagsamba, kayabangan, at pagbibigay-hilig ng 26-28, 33, 113; kawalan ng kasiyahan ng, sa ilalim ng pamunuang Romano 28, 63, 65, 119, 427; pagkasaserdote, pagsama ng 28; pag-aangkin ng, ng pagiging-buhat-sa-angkan ni Abraham 122, 671-672; pagtitiwala ng, sa kanilang mga gawa sa ikaliligtas 26-27, 36, 132-133, 196, 379-382, 510-511; ipinahayag ang pagparito ni Kristo sa mga 304-305, 492-493; si Kristo itinakwil ng, dahil sa, Kaniyang pagpapakababa at paghihirap 168, 313, 319-320, 679; Kaniyang kalinisan 322-323, Kaniyang pagtangging gawing hari 552, sapagka't sinabi Niya ang katotohanan 672-673, inangkin Niyang Siya'y kaisa ng Diyos 272-273, 654, 677-678; sapagka't pinalitan nila ang salita ng Diyos ng mga aral ng mga rabi 705-706, 1075, kinakatawanan ng puno ng igos na walang bunga 832-837; sa pagtatakwil kay Kristo, may sala sa dugo ng mga propeta 891-892; panalangin ng mga, "Mapasaamin ang dugo Niya" 1079-1080.

*Hula*, natupad, sa pagkakatubos ng Israel sa Ehipto 30-31, sa pagdating ni Kristo 31 (tingnan ang MESIYAS, MGA HULA SA),

doon sa krus 698, 1090, 1092, 1124, 1135-1136, sa pagkagiba ng Jerusalem 906-907; ipina-liwanag, ng anghel na si Gabriel 109-110, 309, ni Kristo 86, 88, 195, 304-310, 312-313, 318-320, 906-907, 11631164; pagkaalam ng, mga pastor sa Bethlehem 43, ni Simeon, ni Ana, ni Maria at ng mga pantas na lalaki 51-55, 59-60; pag-aaral ng, ni Juan Bautista 116-117, 166-168, ni Satanas 136, ng marami pagkatapos ng pagpapako sa krus 1092-1093, 1131-1132, bakit di naunawaan ng mga Hudyo 28-29, 53-54, 69, 280-281, 320322; [1238]
kabutihan ng nakakaunawa ng 91-92, 93-94, 320-322, 910; mga hula ng ikalawang pagparito 309-310, 909-916; kahalagahan ng nakakaunawa ng 916-921.

*Iglesya*, si Kristo ang saligan at ulo ng 591-592; kapana-gutan ng, sa mga nagkakasalang kaanib 632-636, 1173-1174; upang ihayag ang kaluwalhatian ni Kristo 21, 22, 992; ang mahalagang katangian ng mga mangga-gawa ng 1173 (tingnan ang mga MANGGAGAWA PARA KAY KRISTO.)

*Ikalawang pagdating ni Kristo*, ating pang-aliw 444-445, 914; pangako ng, sa mga alagad 597, 964-966; doon sa piging sa kasalan at sa Hapunan ng Panginoon 187, 190-191, 957, doon sa pag-akyat sa langit 1217, 12181219; mga hula ng, dapat maunawaan 306-310; takdang panahon ng, di-ipinahayag 914-915; mga tanda ng 913, 915; maaari nating padaliin 916; na magpuyat para sa 917-918; na gaya ng isang magnanakaw at isang silo 919-920; kaluwalhatian ng 1079-1080.

*Ilaw*, isang sagisag ng pakikiharap ng Diyos 666-667.

"*Ilaw ng sanlibutan*," si Kristo 665, 685; mga alagad 421.

*Impluwensiya*, nasasalig sa kung ano tayo 176, 421.

*Ina at mga kapatid*, sino ang kay Kristong? 452-453.

*Ina mga*, si Kristo ang katulong ng 735-736; kanilang kinatawan sa pagkahikayat ng kanilang mga anak 737-738.

*Inalog na bigkis*, si Kristo, pati yaong mga binuhay nang Siya'y mabuhay na mag-uli 1146-1147.

*Ipinahahayag si Kristo* 502 (tingnan ang PAGSAKSI PARA KAY KRISTO).

*Isda*, mahimalang paghuli ng mga 326-328, 1182-1183.

*Isipan*, kapangyarihan ng, sa pagkilala ng tama at mali 656.

*Itaas na silid*, lugar na pinagtipunan ni Kristo at ng mga alagad 931, 1169, 1175. [1239]

*Jacob*, ang Diyos nakita ni 124-125; hagdan ni Jacob, si Kristo 430.

*Jairo*, pagbuhay sa anak na babae ni 481-483.

*Jerico* 161; daan sa pagitan ng Jerusalem at 718; paglala-rawan ng, at ang pagdalaw ni Kristo sa 787.

*Jerusalem* (tingnan ang JUDEA), pagbabalik ni Kristo mula sa, pagkabuhay na mag-uli ni Lazaro 777-778, matagumpay na pagpasok sa 815-822, kaluwalhatian ng, kung tinanggap lamang niya si Kristo 825, pagtangis ni Kristo dahil sa 822-827, 830, 838; pagkaakyat sa langit magpapasimula ang gawain ng mga alagad sa 1196-1198; hatol sa, tingnan ang Pagkapuksa.

*Jesus*, tingnan ang Kristo.

*Job*, kasaysayan ni, isang nagtuturong aral 679.

*Jonas*, isang tanda, gayon din si Kristo 577-579.

*Jose at Maria*, paglalakbay ni, sa Bethlehem 41, sa Ehipto 67, pagtungo at pagbabalik galing sa Pista ng Paskwa 82-92; layunin ni, sa pagdadala kay Jesus sa Pista ng Paskwa 82, 85; mga pamanhik kay, ng mga rabi, laban kay Jesus 104, (tingnan ang MARIA) pagkamatay ni Jose 180.

*Juan* (ang alagad) sumunod kay Jesus 169-170; likas ni 171, 400, 405-406, 937; napahinubod sa humuhubog na kapangyarihan ni Kristo 332, 405-406; pinakabata sa mga alagad 400; at si Santiago, sinansala yaong isa na nagpapalabas ng demonyo 628-629, humiling, na pababaan ng apoy ang mga Samaritano 701, na maupong kalapit ni Kristo sa Kaniyang kaharian 780-782; si Juan, doon sa huling Paskwa at doon sa hala-manan 934, 937, 951, 1001, doon sa paglilitis kay Kristo, doon sa krus, at doon sa libingan 1029-1030, 1097-1098, 1126-1130, 1152.

*Juan Bautista*, hula ng pagsilang niya 108-112; pagkaga-haman at kahalayan noong kaniyang kapanahunan 113; mga katangian dapat mapasa kay 112-113; pag-tatakwil sa sarili at kawalan ng takot
[1240] ni 115-118, 126, 230, 287, 291, 301-302; paniniwala ni, tungkol sa Mesiyas 117-118, 166, 167-168, 288-291, 295; pasimula ng ministeryo ni 119, itinulad, kay Elias 119-121, 165, 290-291, 303, kay Enoch 303, naging bunga ng kaniyang gawain 121, 126, 127, 161-162, 228, 301-302; pagsuwat ni, sa mga mapagsamantala 121-122; pakikipagtagpo kay Kristo 128; saksi para kay Kristo 132, 166-168, 230-231, 294, 302, pinasuguan ng mga Sanedrin 161-

168; pagbabawa ng katanyagan ni 228-229, pagtuligsa kay, ng mga Pariseo 374; walang kakayahang magla-gay ng patibayan ng iglesya 233; pagkabilanggo ni 286, pagkalito ni, ng tungkol kay Kristo 286-287; isang pabalita ng kaailwan kay 288-292; pagkamatay ni 299-300, 507-508, bakit ipinahintulot 301-303; kadakilaan ni 112-113, 292-296; na kakatawan doon sa mga nagbabalita ng ikalawang pagparito ni Kristo 114.

*Judas*, anyo at pag-uugali ni 402-405, 800; karanasan ni, sa pakikisama kay Kristo 1039-1040; bakit tinanggap na alagad 402-403, 1041; pagkabigo ni, sa pagkamatay ni Juan Bautista 1041-1042; may udyok ng panukalang gawing hari si Kristo 1041-1043, pagbabago sa kasaysayan ni 1043-1044; pamumula ni, sa mga kasamahang alagad 1040 -1041, kay Kristo 1041-1045; tinatanggihan ang pagsuwat 404, 1039-1040, 1045; impluwensiya sa mga alagad 1043-1044; doon sa piging ni Simon 799-804, 1045; doon sa Huling Hapunan, sa paghuhugasan ng mga paa, at ang komunyon 937-940, 949-953, 1041, 1045-1046; ipinagkanulo si Kristo sa halaga ng isang alipin 1038-1039; layunin ni, sa pagkakanulo kay Kristo 1008-1009, 1046-1047; pagtatapat ng kasalanan at kamatayan ni 1047-1050.

*Judea*, tagpo ng kauna-unahang pagkakahayag ni Kristo at ng Kaniyang ministeryo 62-64, 66, 304-305; tinalikdan si Kristo 208, 232, 282-283, 305.

*Kaaliwan ni Kristo* 246, 585, 1093-1097; tayo'y makikiba-hagi
901. [1241]

*Kaamuan*, alaala ng pagkakaugnay kay Kristo 416-417; nagdudulot ng kapahingahan 458-463; ng mga saksi ni Kristo isang patotoo sa Kaniya 496-497; ni Kristo, katunayan ng pagka-Diyos 1071.

*Kaayusan*, halimbawa ni Kristo ng 1152.

*Kababalaghan mga*, di ginawa ni Kristo, para sa Kaniyang sarili 143; sa pamamagitan ng mga anghel 178; si Kristo'y pinaratangan sa paggawa ng, kay Satanas na kapangyarihan 447, 652; di-pinakamataas na katibayan ng misyon ni Kristo 349, 579, 1164-1165 (tingnan ang MGA TANDA); nahayag ang kapangyarihan na gumagawa sa katalagahan 519-520; isang maka-Diyos na pamumuhay ang pinakadakila sa lahat 579; kay Kristong, isang sumbat sa mga Pariseo 320-321, 323, 579; pangako ng, sa pangangaral ng ebanghelyo 1198-1199, 1202-1203, 1208-1209; kapangyarihan ng mga apos-

tol na makagawa ng 489-490, 506, 707; di upang bigyan kasiyahan ang kawalan ng paniniwala o pagkamakasarili 579; naging bunga ng, kay Nicodemo 215, sa mga saserdote at mga rabi 207-208, 356-360, 366, 447-448, 770-776; sa mga tao 205-207, 273, 306, 366-367, 442-443, 475-476, 527-528.

*Kababalaghan mga*, ni Kristo; pagpapagaling, sa anak na lalaki ng taong maharlika 256-257, sa taong inutil 262-264, sa biyenang babae ni Pedro at sa karamihan 346-347, sa ketongin 352-355, sa paralitiko 360-367, sa patay na kamay 391-392, sa alipin ng senturyon 437-439, sa babaing inaagasan 483-485, sa sampung ketongin 486-487, sa bingi, taong utal 574, sa bulag na pulubi 678, 680, 1204, sa tainga ng alipin ng dakilang saserdote 1010; pagpapalabas ng demonyo, doon sa mga inaalihan ng demonyo sa Capernaum 340-341, sa taong inaalihan ng demonyo, bulag at pipi 447, mga lalaking taga Gergesa 472-473, anak na babae ng babaing Sirofenisa 566-570, sa baliw na batang lalaki 610-613; pagbuhay sa patay,
[1242] sa binatang taga 442-443, sa anak na babae ni Jairo 480-483, kay Lazaro 766-768, Kaniyang sarili 1139-1141, 1145-1146, iba pang mga kababalaghan, pagiging alak ng tubig 179-182, 183-187, pagtataboy sa mga lapastangan doon sa templo 198-201, 841-844; hayag na kasaysayan ng babaing Samaritana 249, panghuhuli ng mga isda 326-328, 1181-1182, pagpapatigil sa bagyo 466-469, pagpapakain sa limang libo 515-517, pagpapakain sa apat na libo 575, paglalakad sa dagat at pagpapadaong sa bangka 533537, pagbabagong-anyo 601-603, paglalaan ng salapi para sa buwis sa templo 620-621, pag-akyat sa langit 1155, 1215-1217. (tingnan ang KRISTO ANG DAKILANG MANGGAGAMOT).

*Kadakilaan*, ang pinakamataas na halimbawa ng, si Juan Bautista 294.

*Kadakilaan*, tunay na 293-294, 303, 625-627, 784-785, 881, 942; ni Juan Bautista 112, 293-294, 295.

Kadiliman sa palibot ng krus, ikinubli ang pakikiharap ng Diyos 1101; nilambungan ang huling paghihirap ni Kristo 1101, 1102; isang sagisag, ang kadilimang lumukob sa Kaniyang kaluluwa 1102; ang kadilimang lumambong sa mga tao 1104.

"*Kagalang-galang*," titulong 881.

*Kagandahang-Loob*, sa mga alipin ni Kristo 493-494, 503; sa nangangailangan at nagbabata 504, 924-925.

*Kahabagan*, araw ng, may hangganan 837-838; ng Diyos naaalinsunod sa katarungan 1113-1116.

*Kaharian*, ng biyaya at ng kaluwalhatian, hula at pagpapahayag ng bawat isa 309, ng kaluwalhatian, kumaka-tawan sa pagbabagong-anyo ni Kristo 604; ng Diyos, na hindi mapagkikita 725, 729; ni Kristo, paglilingkod para sa iba ang batas ng 783-785 (tingnan ang MESIYAS at ang MGA HUDYO); ng sanlibutang ito, inalok ni Satanas si Kristo sa gayon ding paraan tulad ng hinangad ng mga Hudyo 158—159.

*Kalayaan*, sa pamamagitan ni Kristo 671, 690. [1243]

*Kalayaan*, tanging kay Kristo lamang may 670-671.

*Kalbaryo*, sa labas ng pintuan ng Jerusalem, kahulugan ng 1081.

*Kaligtasan* sa pamamagitan ng pagsampalataya 540.

*Kaloob*, kay Jesus, ng mga pantas na lalaki 66, 805; ni Maria ng Betanya 799, 801; kumakatawan sa kaloob ng Diyos sa atin 807-808.

*Kaloob mga*, ng Espiritu, pangako ng 1198-1199.

*Kaloob*, ng pag-ibig, pagkilala ng utang na loob kay Jesus 805, 806-807; kalugod-lugod sa Diyos 885-886; na dalawang lepta ng babaing balo 883, 885; ng dukha di dapat sansalain 885-886; para sa patay, magbigay saman-talang nabubuhay 802.

*Kalooban*, pagkilos ng, sa pangkatawang pagpapagaling at sa pagbabalik-loob sa Diyos 264-265; sa pagkilala ng katotohanan 650-652; kalayaan ng, sa pagbabalik-loob sa Diyos 671; sa paglilingkod sa Diyos 674; kalo-oban ng Diyos ang batas ng buhay 459-460.

*Kalusugan*, mga batas ng, pagsunod sa, ni Kristo 47-48, 77; ni Juan Bautista 112-115; iniutos sa Israel 1204-1205, ng lahat ng Kristiyano 1205; batayan ng pangkatawang pagpapagaling 1205.

*Kalusugan*, ni Kristo 47-48, kapayapaan sa Diyos nagpapasulong ng 365.

*Kamatayan*, isang pagtulog 757, 1148; madilim sa mga Hudyo ang tungkol sa 32; pinalalaya ni Kristo mula sa natural at espirituwal na 444.

*Kamatayan ni Kristo*, buhay para sa tao sa pamamagitan ng 545-549; inilarawan sa butil ng trigo 897-899; pu-song-wasak ang naging dahilan ng 1125; oras noon ng paghahandog sa hapon, nakakawala ang korderong ihahandog 1105-1106; napuno ang Jerusalem ng panangisan 1133-1134.

*Kamatayan ni Kristo*, pinanukala ng mga pinunong Hudyo 208,
[1244] 214, 273, 652-653, 678, 680; pagkaraan buhayin si Lazaro 773-777,
797; sapagka't nakikipantay Siya sa Diyos 272, 677-678.

*Kamay* na naging sanhi ng pagkakatisod, putulin 629-630.

*Kapahingahan*, sa pagkakalinga ng Diyos 432; bibigyan ni Kristo ng 457, 458; sa pamamagitan ng pakikipagusap sa Diyos 511-512, kinakailangan ng katawan at ng kaisipan 505, 509-510; ng mga alagad, hindi sa pagaaliw o paglilibang 509.

*Kapakumbabaan*, bunga ng Banal na Espiritu 164-165; bago karangalan 626; sa pagtingin sa kabanalan ng Diyos 328-329; ni Kristo, ang sanhi ng pagtatakwil sa Kaniya 168, 322.

*Kapangyarihang* hindi sa tao na humihikayat 450-452, mga kaaway na hindi tao, tulong ng Diyos laban sa 494-495.

*Kapatawaran ng mga kasalanan*, naalinsunod sa katarungan ng Diyos 37-38, 1113-1116; kapangyarihan ni Kristo para sa, napatunayan sa pamamagitan ng pagpapagaling sa lumpo 363-364.

*Kapatid*, mga Kristiyanong, ng mga makasalanan at gayon din ng mga banal 924-925.

*Kapayapaan*, ni Kristo noong bumagyo 467-470; binigkas doon sa bagyo 469; sa mga inaalihan ng demonyo ng Gergesa 472-473; sa ating mga puso 470-472; kahuli-hulihang pamana 979; kaunaunahang bati sa mga apostol pagkabuhay Niya 1170, 1171.

*Kapayapaan*, tunay na, paano matatamo 418, 462-463, 470-472; di ipinagkakasundo ang katotohanan 500-501.

*Kapistahan, sa mga Judio*, mga kaugalian sa 879-880, 934; banal 82-84, 637-639; di-pagdalo ni Kristo sa 641-642 (tingnan ang PASKWA, gayon din ang TABERNAKULO, Pista ng mga).

*Kapulungan ng mga Pariseo*, at ang bulag na pinanumbalik ang
paningin 679-683; binalak ng kapulungan ang pagpatay kay Kristo
[1245] at kay Lazaro 797 (tingnan ang SANEDRIN).

*Kapulungan*, ng langit 1107-1109; ni Satanas at ng kaniyang mga kampong anghel 137-138, 269.

*Kapwa*, sino ang aking? 717, 720-721.

*Karamdaman*, itinuturing ng mga Hudyo na parusa sa kasalanan 360, 678-679; sanhi at paglunas ng 365, 1204-1205; di-nagbabagong kapangyarihan ni Kristo sa pagpapagaling ng 365, 1202-1203.

*Karumihan*, nagbubuhat sa loob 563.

*Kasakdalan* ng kautusan 423-425.

*Kasakdalan ng likas*, si Kristo ang pamantayan ng 429-430; paano maaabot 150-151, 429-431, nakikita ng Diyos sa atin ang kay Kristong 502, 968, 970.

*Kasal*, pinarangalan ni Kristo 190.

*Kasalan piging sa*, mga kasama sa, mga kaanak ni Kristo 179; ang layunin Niya sa pagdalo 179, 189-191; ng mga tinubos kasama ng Manunubos 190-191.

*Kasalanan*, walang maidadahilan para sa 429; panganib sa pagkikimkim ng 630; nakahahadlang sa pag-unawa ng katotohanan 417, 651; pambubusabos o pang-aalipin ng 670.

*Kasiglahan*, tungkulin ng isang Kristiyano 193, 413, 739-741.

*Kasimplehan o kapayakan*, ng pamumuhay ni Kristo ng Kaniyang pagkabata 80-81; itinuro sa unang kababa-laghan 179, kababalaghan sa tinapay 518.

*Kasintahang Lalaki*, itinulad si Kristo sa 230, 377.

*Kasipagan*, halimbawa ni Kristo sa 76-77.

*Kasulatan mga*, bilang "pinakatali" sa noo, "pinakatanda sa mga kamay" 879.

*Kasulatan mga*, (Matandang Tipan) sa wikang Griyego, malawak na paglaganap ng 32-33; paano isinaalang-alang ng mga Samaritano 248-249; bakit hindi nauna-waan ng mga Hudyo 280-281, 318-319 (tingnan ang mga HULA); pagsampalataya sa, nasira sa pamama-gitan ng mga turo ng mga rabi 336-337, 344, 655-656,
705-706, kaya ang pananampalataya sa ngayon ay nasira 320-321, [1246]
344; lumikha ng alinlangan ang paggamit ni Judas ng 1043-1044; inihahayag si Kristo 279-280, 1164; Kaniyang kaalaman ng at pang-hahawak sa 73-74, 95-107, 143-145, 149-151, 392-395, 646-647; ang Kaniyang turo ay nababatay sa 195, 223, 278-280, 306-308, 312-321, 336,389-390, 423, 563, 577-579, 672-673, 710, 715-716, 743-744, 779, 844, 855, 868-875; pagpapaliwanag ng, sa mga alagad 170-171, 488-489, 710, 913-914, 1164, 1196-1197; pagkakilala ng mga alagad 710.

*Katalagahan*, mga talinghaga mula sa, ikinakapit kay Kristo 23, 47-48, 54-55, 72, 79, 84, 117, 131-132, 133, 288, 337, 515, 546, 1002-1003; sagisag ng pagkakatawang-tao hiram sa 16-17; tanda ng unang pagpapakita mula sa 60; mga tanda sa, ng ikalawang pagparito 911-914; mga talinghaga ni Kristo inulit sa pamamagitan ng 398-399, iba pang paglalarawan mula sa 24, 108-109, 117, 122-

125, 130, 131-132, 176-177, 351, 358-359, 414, 418, 421, 434-435, 470-471, 494, 550-553, 564-565, 673-674, pag-aaral ng mga pantas na lalaki ng, at ni Juan Bautista 59-60, 112-118; pag-ibig ni Kristo sa 73-74, 103-104, 397-400, 599-600; nakipag-usap si Kristo sa mga patriarka sa gitna ng mga tanawin ng 397-398; paggamit ni Kristo ng, sa pangangaral 215-224, 238-240, 245-247, 271-272, 291-292, 324-325, 338-339, 397-400, 424, 428-429, 432-435, 465, 502, 541-547, 577-582, 589-590, 615-617, 628633, 647-648, 665-668, 685, 687-696, 711-713, 752, 832-837, 852-860, 899-900, 982-987, 1085-1086, 1184-1187; naga-gawang kabutihan ng pakikipag-usap sa Diyos o pag-bubulay-bulay sa 398-399, 507, 508-509, ang Sabbath tumuturol sa 383-386, 395-396; aral ng, para sa mga magulang at mga anak 738-740; liwanag ng, sa mga lupaing pagano ang nag-akay ng mga kaluluwa sa Diyos 923-924, nakikilala si Kristo, mga saserdote at mga rabi di Siya nakilala 1100-1101, 1122-1123.

[1247] *Katanyagan*, di subukan ng katotohanan 320-322, 655-657.

*Katarungan*, ang bunga ng pag-ibig, katugon ng habag 1115-1116.

*Katotohanan*, nagpapalaya 671; pag nilakipan ng kamalian nakapaglilingkod kay Satanas 394; pag-unawa ng, nababatay sa pagtatakwil ng kasalanan 418, 650-651, 710; panganib sa pagwawalang-bahala sa 706.

*Katuwiran*, ni Kristo, titulo sa at pagiging dapat sa langit 413, para sa lahat 417; pamumuhay at hindi teorya ang bumubuo ng 425-427; pag-alinsunod sa kalooban ng Diyos 426-427.

*Kautusan (Dekalogo)*, isang banal na kabuuan 716, 872873, pag-ibig, di kasakiman 18, 25-26, paano natupad 428429, 715-724, 872-873; nasasalansang sa pamamagitan ng masamang akala o pagtingin 427; bakit sa Sinai ipinahayag 424; si Kristo ang nagbigay ng 422; upang maging isang pagpapala 394; simulain ding yaon na inihahayag sa ebanghelyo 424, 874; sa paglalapit ng mga tao kay Kristo 424; huwaran para sa paghubog ng likas 275; di-nababago 424, 1114-1115; pagsunod sa, bunga ng pananampalataya 155, subukan, ng pag-ibig 971, ng likas 124, 1117, batayan ng buhay na walang hanggan 715-716, 743, magdudulot ng pag-u-usig 147-148, 1116-1117.

*Kautusan*, katutubo, nagtuturo ng tungkol sa espirituwal 738-740.

*Kautusan ng mga rabi*, humamak sa, itinuturing na pamumusong at pagtataksil 268-269; turo ng, nagiging bunga ng 27, 28, 36, 95, 99-100.

*Kautusan*, pinasinungalingan ni Satanas 18, 27, 138-139, 1113-1114; naiisya sa pamamagitan ng sali't-saling sabi 27 (tingnan ang SALI'T-SALING SABI); tinupad at ipinagtanggol ni Kristo 18, 95-98, 102-103, 269-272, 391-392, 423-424, 563, 1115; natatag, sa pamamagitan ng Kaniyang kamatayan 422-423, 1116.

*Kawalan ng Pagpipigil*, nagiging bunga ng, noong panahon ni Juan Bautista 113; naging dahilan ng pagpatay kay Juan 297, [1248]
nagpaging mangmang sa mga mamba-batas at mga hukom 297-299.

*Kawing* sa tanikala na inilawit upang iligtas ang sanlibutan, bawat Kristiyano 596.

*Kedron*, batis ng, sinasalukan ng tubig, doon sa Pista ng mga Tabernakulo 640-641.

*Ketong*, uri at naging bunga ng 351, 355-356; at paralisis, itinulad sa pagkapanatiko at di-paniniwala 367.

*Ketongin mga*, kawalan ng utang na loob ng siyam na 486-487; pagtangis ng, pagkamatay ni Kristo 11331134.

*Ketongin*, pagbubukod ng 351-352; paglilinis sa, isang anino ng espirituwal na paglilinis 358-359; naging bunga ng kababalaghan sa mga saserdote 358-359.

*Komunyon*, hayagan 955.

*Korona ng pagpapakasakit* 301.

*Kristiyano*, isang kawing sa tanikala upang iligtas ang sanlibutan 596.

*Kristo ang dakilang Guro*, noong kabataan 77-78, 86, 88, 105-106; noong nangangaral 169, 170, 188-194, 215-227, 238, 249-253, 267, 515, 517, 665-668; sinasanay ang mga alagad 192-194, 330-334, 409-413, 488, 505-509; malasa-kit ni, sa mga ina at mga bata 733-735; ang parisan ng ama 738; impluwensiya ni, na maakit ang mga tao 252, 268, 306, 409-411, 505-506, 514-515; kapangya-rihan ni, na supilin ang mga tao 529; aral ni 170, 176; mga katangian ni 191-192, 237-243, 336-340, 371-373, 398-400, 411-413, 419, 567-568, 571, 645-649, 668-669, 687, 751-752, 1209-1210; ang mga hula ang Kaniyang paksa 306-307, 1163-1164; nangaral sa kakaunti gayon din sa marami 252, di lamang sa mga alagad 409; sa mga tao sa lahat ng panahon 326; di nagturo ng bagong aral

380, 549; sa Kasulatan tulad sa isang bagong pahayag 337, 380-
381; di-tinutuligsa ang mali, kundi ipinakikilala ang katotohanan
411, 650-651; iniwasan ang pakikipagtalo 233, 337; sinabi ang
[1249] katotohanan ng may pag-ibig 338, 495, 738, 823-827, 894; sinira
ang pag-tatangi-tangi 573 (tingnan ang PAGTATANGI-TANGI);
naging bunga ng turo ni, sa mga pinuno ng templo na nagsugo upang
dakpin Siya 657, sa mga pinunong Romano 831, naging bunga ng
huling pangangaral doon sa templo 894-895; ang mga salita ni, kay
Pilato 1058; ituturo ng mga alagad ang Kaniyang mga itinuro 1207-
1208; naging bunga ng mga iniaral nakita pagkamatay Niya 250-251,
358, 372, 506, pangangaral ni, pagkaraang makapanggamot doon
sa Bethesda 261-283; doon sa sinagoga sa Nazareth 312-318; ang
Sermon doon sa bundok 409-435, bago isugo ang mga alagad 488-
504, tungkol sa tinapay ng buhay 540-551; doon sa Pista ng mga
Tabernakulo 645-655; pagkatapos ng Huling Hapunan 963-993.

Kristo ang Dakilang Manggagamot 205, 289-290, 306, 319,
348, 490, 506, 515 (tingnan ang mga KABABALAGHAN); ng
kaluluwa 264, 359-360, 365-366, 373, 1203, nag-ukol ng maraming
oras sa pagpapagaling kaysa pangangaral 490; hinanap ng mga
maysakit at mga nagbabata pagkaraan Niyang mamatay 1133-1134;
paggamit Niya ng panlunas 1204; tagubilin sa matandang Israel
tungkol sa mga batas ng kalusugan 1204-1205; walang pagbabago
ang kapangyarihan at bukal sa loob na pagpapagaling 364-366,
1204-1205.

Kristo, kamusmusan ni, at ang pamumuhay ng sambaha-
yan; Kaniyang pagsilang 41, pagtutuli at pagtatalaga 47-48, 51;
kalusugan 47-48, 77; simula ng di-pagkilala ng mga saserdote at
mga rabi 65, 88; banay-banay na paglusog 71-74; ganda ng likas
71, 75-81, 95-97, bilang sanay na manggagawa 77-78, 91; minis-
teryo 71-72, 7781, 88-94, 98-99, 105-107; Kaniyang ministeryo,
nauunawaan 84-85, 91-92; doon sa paaralan ng mga rabi 85-88;
niwalang saysay ang mga kautusan at mga sali't-saling sabi ng mga
rabi 85-86, 95-99, 104 (tingnan ang MGA KASULATAN, MGA
[1250] SASERDOTE AT MGA RABI); pagkamasunurin ni, sa mga mag-
ulang 91, 97, 104, 184; hamak na pagkakilala sa pagkapanganak
kay o pagiging-tao ni 100, 544, 672, 1036-1037, 1111, kasama ng
mga kababata 102; at ang Kaniyang ina 72, 88-93, 97, 104, 179-184,
1086-1087, 1097-1098; mga kapatid ni, nakatatanda kaysa Kaniya

99, hindi Siya napag-una-wa 99, 130, 453-454, 641-643, 699; mga pagtatangka kay, na sugpuin at pigilin Siya 97, 99, 104, 446-447; di pagsang-ayon ni, nang pilitin Siyang dumalo sa Pista ng mga Tabernakulo 642-643.

Kristo, kasama-sama ng Diyos 11, 16, 18-19, 130, 272-275, 429-430, 669, 694, 695, 966-967, kasama-sama ng tao 19-20, 429-430, 452-456, 458-459, 470-471, 511-512; pagkatao ni, nalakip sa Diyos, iyan din sana ang mang-yari sa atin 150, 456, 636, pagka-Diyos ni, nagliwanag sa katawang-tao ni 159, 200, 204, 601, 657, 844, 1024, 1064; kapangyarihan ng pagka-Diyos ni, di ginamit para sa kapakanan o pagtatanggol ng Kaniyang sarili 143, 1016, 1061, 1071.

Kristo, likas ni, tulad ng inilalarawan ng Kaniyang pag-pa-
pakasakit 11-16, 54-57, 897-899, 1070; kusang loob na pagpa-
pakasakit o kusang paghahain 16, 693-696; paki-kiramay ni 79-81,
98-99, 179, 189, 190, 191, 243-244, 249-251, 339, 372, 442-443,
515, 692-696, 764, 1085, 1215, pagkahabag 455; mabuting pakik-
isama 189, 192, 372; pananangan sa Diyos 149, 469-470, 511, 521,
pananalig sa salita ng Diyos para sa kapangyarihan upang ma-ka-
panagumpay 150; kapayapaan, sa pamamagitan ng pakikipagkaisa
sa Diyos 461, sa pamamagitan ng pa-nanampalataya sa Diyos 469-
470, 991, 1104-1105; pag-mamalasakit sa Kaniyang mga alagad
170-171, 408, 455-456, 530-532, 1001-1002, 1008-1009, 1161,
1214-1215, 1219, 1221-1222; nahahabag kay Judas 404, 804, 936-
937, 952, 1009, 1049-1050, walang salang pamumuhay 150, 151,
673, 1058, 1066, 1072; mukha, tindig, anyo 168, 169, 180, 255, [1251]
276, 313, 337-338, 376, 850, 1020, 1052, 1055-1057, 1072-1073,
1101, 1218; masunurin sa kautusan at kalooban ng Diyos 18, 95-97,
102-104, 139-140, 148-149, 153-154, 182-183, 245-246, 459-460,
699, 902, 1004-1005, 1072; di-nagpapanukala para sa Kaniyang
sarili 274; nababatid ni 86, 183, 199, 585-586, 706-707, 764-765,
825-826, 898-899; may tiyak na layunin ang bawa't gawa 182,
270, 556, 557, 643-644, 699, 819-820; di-nanghihimagod na kasi-
pagan ni 77, 348; hindi nag-tatanghal 39, 80, 350, iniiwasan ang
pakikipagtalo 233, 337, 621, 717; di sumusuong sa panganib nang
di-ka-ilangan 499-500, 644, 777; nagbata ng kalumbayan at ang
di-maunawaan 102-103, 106-107, 131, 454-455, 605, 806; sa kahi-
rapan at pagpapakababa 17, 19, 39, 46-50, 71-72, 76-81, 97-100,
168-169, 313, 322; pagpapahalaga ng pag-ibig at pamimitagan 515,

517, naghahanap ng pakikiramay sa paghihirap 999-1001; binabata ang pagmamalabis at paghamak 901, 1015-1016; pananam-palataya at panatag na loob sa harap ng mandi'y pagkabigo 461, 989; itinulad sa dakilang saserdote 19, sa ahas na itinaas sa ilang 223-224, 593, 698, sa hagdan ni Jacob 430, sa kamag-anak ng tinubos na aliping Hebreo 455-456.

***KRISTO***, Mga Tungkulin at mga Titulo at mga Pangalan ni:

*Ako nga* 19-21, 51, 677; Larawan ng Diyos 11; Emmanuel (Sumasaatin ang Diyos) 11, Walang Hanggang Hukom 390, Walang Hanggang Kapangyarihan 903; Walang Hanggang Kalinisan 37; Taga-pagpaaninaw 33, 195; di-nakikitang Lider 637.

*Biktima* (Handog o Hain) 19, 57, 1111, 1126; Puno ng Ubas 987.

*Bugtong* ng Ama 171; Bugtong na Anak 20, 676, 695; ang Tagapagdala ng ating pasanin 458; ang ating Walang Hanggang
[1252] Ama 695, 828; ang ating kaha halili at tagapanagot 47, 1099.

*Daan*, ang Katotohanan at ang Buhay 19, 401, 966; ang Kahanga-hangang Tagapayo 512; Manunubos ng sanlibutan 31-32, 41, 132; ang tunay na Hari ng sanlibutan 157.

*Di-nakikita* 41, 710.

*Galileo* 656, 876; Rabi ng Galilea 650, 677, 787; Kaloob ng Diyos 224; Nagbigay ng manna 542; Kaluwal-hatian ng Israel 53; Mabuting Pastor 64, 687-693; Dakilang Sentro 992; Dakilang Manggagamot 844; Pinakadakilang Tagapagturo 1179; Panauhin 811, Patnubay ng Israel 51.

*Hari ng kaluwalhatian* 39, 50, 881, 929; Haring maghahari sa katuwiran 117.

*Hari ng langit* 50, 200, 376; Lalaking taga-Nazareth (Kristo) 331; isang Tao sa kapanglawan 184, 632; kahalili ng tao 1100, Guro 181, Panginoon at Guro 791, 940, 943, 964; ang sukat ng halagang itinakda ng Diyos sa atin 970; Isa na maamo at mapagpakumbabang-puso 12, 99, 132, 405, 461, 1023, 1028, 1063-1064, 1070-1071; Sugo ng tipan 33, 202; ang Makapangyarihang Diyos 21, 512, 710; Tagapangasiwa ng iglesya 212; Ministro ng tunay na tabernakulo 211.

*Hukom ng buong lupa* 277, 390, 922, 1024.

*Kapitan ng hukbo ng Panginoon* 495; katiwala at tagapasan ng dalahin, 71-72, 76-77, 89, 784, Pangulong Pastor 929; Sanggol ng Bethlehem 50-51. Bata ng Nazareth 75; Kristo ng Diyos 205; Mang-

aaliw 377; Prinsipe ng langit 137; Pinuno ng mga anghel 131, 160, 324, 823; Mananagumpay 1107. 1213; Mananagumpay sa libingan 762; Kaaliwan ng Israel 53, kanlungan sa bagyo 117; Manlala-lang 12, 74, 79, 365, 384, 395, 398, 1100.

*Kordero ng Diyos* 40, 132, 166, 183, 631, 818, 828, 931, 947, [1253]
1023, 1071, 1079, 1095; Lider ng Israel 51, 146, 542, 637, 719; Buhay at Ilaw ng mga tao 554; Ilaw ng kabuhayan 54; Ilaw ng mga tao 107; Ilaw sa mga Hentil 53, 668; Ilaw ng sanlibutan 665-668, 685; Tinapay ng buhay 546; Batumbuhay 590; nabubuhay na Tagapagligtas 1157, 1168; Panginoong Diyos ng mga hukbo 828; Panginoon ng buhay at kaluwalhatian 943, 1024, 1099, 1137; Panginoon ng Sabbath 279, 390, 395, ang Panginoon na ating Katuwiran 828.

*Maibigin-sa-Kapayapaan* 131; sakdal na handog 199; personal na Tagapagligtas 455, 548, 794; saserdote 19, 1097; Prinsipe ng Diyos 1066; Prinsipe ng langit 376, 500; Prinsipe ng buhay 612, 648, 705, 829; Prinsipe ng Kaliwanagan 135, 1113; Prinsipe ng Kapayapaan 130, 828; Prinsipe ng mga nagba-bata 1099; Isang Ipinangako 60, 128, 313, 320; Binhing Ipinangako 51; Propeta 50, 254, 527, 1097.

*Manggagamot* 347, 352, 365, 572, 844, 1133; Mananaliksik ng puso 810; Gurong Sugo-ng-Langit 252; Kaloob ng langit 705; Hari ng kalangitan 1079; Katulong 205, 694; Dakilang Saserdote 19, 51, 211, 993, 1071, 1106; Banal ng Israel 1050; Banal na Bantay 944; Ikinararangal ng langit 325; Pag-asa ng mga magulang 23, 30, 238.

*Manunubos* 818; Manunubos ng sanlibutan 55; Batong itinakwil 860; Nagpapagaling 205, 759, Tagapagsauli 898; pagkabuhay na mag-uli at ang kabuhayan 759, 761, 1146, nabuhay na Tagapagligtas 1195; Bato ng pananampalataya 589-592; Bato ng kaligtasan ng Israel 589; Batong pambuwal 857, 858, Ugat at Supling ni David 51.

*Panganay na Kapatid* 458; Isang Dakila 625; halimbawa at Manunubos 169.

*Panganay ng langit* 48; Pangunang bunga 1146; Pinagsasaligan [1254]
ng bansang Judio 50, 130, Kaibigan ng mga makasalanan 555.

*Pinakamamahal ng langit* 23; Pinakamamahal ng Ama 137; ang Sanga 211; Ang Sangang susupling sa ugat ni Jesse 117; ang Sanga

ni David 828; Tinapay ng Kabuhayan 542; Kasintahang Lalaki 230, 376; Maningning na Tala sa Umaga 51.

*Sinamba ng mga anghel* 655; Tagapayo at Hukom 278; Isa na Pinahiran 128, 131, 307, 312, 773, 1071; Maygawa ng kalikasan 1100; Maygawa ng pagkabuhay na mag-uli 762; Maylikha ng katotohanan 33.

*Tagapagpabanal* 395, Tagapagligtas ng sanlibutan 572; Binhi ng babae 828; Isinugo ng Diyos 180, 214, 541 685, 903; tagapaglingkod ng lahat 946; lilim ng malaking bato sa pagal na lupain 117; Shiloh, ang tagapagbigay ng kapayapaan 51, 828; Taga-pagdala ng kasalanan 813, 902, 1096, 1099, 1104; Isang Walang-kasalanan 128, 131, 150, 458, 663, 673; Anak ni David 41, 875; Anak ng tao, ating Kapatid 19, 20-21, 51, 924; batong katitisuran 858, kahalili at tagapanagot 47, 1099; Isang naghirap doon sa Kalbaryo 634; matibay na patibayan 857, 858; Araw ng Katuwiran 15, 44, 667, 987, 992, 1104, 1168.

*Tagapagturo at Kaibigan* 964; Guro ng Galilea 227; Tunay na Pastor 688; Tunay na Puno ng Ubas 983; Ang Katotohanan at ang Buhay 839.

*Tagapamagitan* 21; Tagapagligtas 30-31, 43, 478, 527; Tagapagligtas ng Israel 55; ang Nasa ng lahat ng mga bansa 51, 239; Isa na Banal 615, banal na Guro, ang Dakilang Tagapagturo 170, 251, 325, 331, 332, 371, 398, 401, 571, 969, 1179; banal na Saksi 945; Pintuan ng kulungan 689.

*Kristo*, sa Kaniyang misyon, inihahayag ang Diyos sa mga tao
[1255] at mga anghel 11-22, 55-56, 350, 429-430, 545

902-903, 1107-1119; isinasauli ang larawan ng Diyos sa tao 37-38, itinaya ang lahat para sa atin 45-46, 138, 139; inihahayag ang lahat ng mga pag-iisip ng mga puso 56-57; pinag-uugnay ang Diyos at ang tao 138, 178, 429-430, 636; binubuksan ang langit sa atin 133-134, 177-178; inaanyayahan ang lahat na lumapit sa Kaniya 191, 251, 458-459, 573, 813; kinauuhawan ang pagkilala sa Kaniyang pag-ibig 246; nakikilala tayong isa-isa 692; handang mamatay dahil sa isang kaluluwa 692; napamahal sa Diyos sa pamamagitan ng hain Niya dahil sa atin 696 sa pamamagitan ng pakikisama kay, atin Siyang tanggulan laban kay Satanas 451; sumasaatin sa pamamagitan ng Kaniyang Espiritu sa bawat lugar o pook 973-975; di naunawaan ng mga pantas na lalaki sa sanlibutan 710, subali't

di-lubu-san ng mga alagad 725-728, 806; binigo ang pag-asa 411, 528, 538, tumangging gawing hari 528-529, 538; sinubok ang mga bulaang alagad 551-557; binalaan at inaliw ang mga tunay 593, 618-625, 963-982; nahayag ang kaluwalhatian doon sa bundok, pinagaling ang inaalihan ng demonyo doon sa libis, aral ni 613, 614-615; inihayag ang Diyos upang ihayag naman natin Siya 968; upang luwalhatiin sa Kaniyang iglesya 992; pagpapakita ni, itinulad sa pagbubukang-liwayway 350; itinakwil ng bansang Hudyo 169, 203, 232-233, 280-281, 305, 776-777; nagligtas sa iba, di mailigtas ang Sarili 1091-1092; kapangyarihan ni, na makapagpatawad ng kasalanan ang makahari Niyang karapatan 1096; sa pananampalataya isang mananagumpay 990-991, 1107; mga bunga ng Kaniyang pagtatagum-pay, isang bayang natubos at lupang binago 21-22, 1120-1121, 1211-1212 (tingnan ang PAGLILITIS, KAMATAYAN, PAGLILIBING, PAGKABUHAY NA MAG-ULI AT PAG-AKYAT SA LANGIT).

*Krus*, agham at awit ng sanlibutan 12; sanggalang laban sa pagtalikod sa Diyos 22, 707, 904, pag-ibig at kasakiman nahahayag sa [1256]
pamamagitan ng 56-57; kahihiyan ng 595-596.

*Krus*, sa labas ng pintuan ng Jerusalem, kahulugan ng 1081-1084; pagkakalugmok ni Kristo sa ilalim ng 1083-1084; pagpapako kay Kristo sa 1086-1087; paghihirap Niya doon sa 1090-1092, 1096-1106; sa pagitan ng dalawang magnanakaw 1097.

*Kubol (Garita) mga*, sa Pista ng mga Tabernakulo 397-398, 639.

*Kusang-Loob* na paglilingkod lamang ang karapat-dapat sa Diyos 701.

*Lakas o dahas*, sa pagsupil sa budhi, salungat sa simulain ng pamahalaan ng Diyos 14, 494-495, 670, 1109.

*Lalaking Lumpo doon sa Bethesda* 262-264.

*Laman ng baboy*, ginagamit para sa pagkain, bakit ipinagbabawal 889.

*Langit*, isang walang humpay na paglapit sa Diyos 463.

*Larawan ng Diyos*, ni Kristo, ibabalik sa sangkatauhan 38, 1209-1210.

*Larawan*, si Kristo'y nakaupo at isinasalin ang Kaniyang, sa atin 1209-1210.

*Lazaro*, bahay ni, isang tahanan para kay Kristo 454-455, 751-752 bakit ipinagpaliban o di agad dinalaw ni Kristo si, nang

magkasakit 756-759, 765-766; pagbuhay kay 767-769; pakikipagtulungan sa Diyos ang itinutu-ro sa 767-769, balak na pagpatay ng mga Hudyo kay 797; dinaluhan ang matagumpay na pagpasok ni Kristo 820.

*Lebadura*, isang uri ng kasalanan 581; ng mga Pariseo, pagpapaimbabaw, at pagtataas ng sarili 583, niyaong mga nagpapaliwanag sa kautusan ng Diyos sa isang paraang makakaayon 582-583, tayo'y nanganganib ng pagkikimkim 583.

*Legal na relihiyon* 219, 379-381.

[1257] *Libingan ng mga patay*, magugol na paggagayak ng, pagsamba sa diyos-diyusan 890.

*Likas*, isang nagtuturong aral, ng pagpapakasakit 12-13, 899; ng gawain ng biyaya 247, ng pagkakalinga ng Diyos sa gawa ng Kaniyang kamay 428-429, 432-433, 502, ng paggawa ng mahimalang kapangyarihan Niya 519-520, ng kaayusan at katiyakan ng Kaniyang pangako 30-31; ang walang humpay na kasiglahan ng Kaniyang paggawa, isang aral sa pag-iingat sa Sabbath 271-272; ng paraan ng pagpapakita ni Kristo sa sangkatauhan 350, ng kawalan ng pagbabago ng kautusan ng Diyos 424.

*Likas paghubog ng*, si Kristo ang huwaran para sa 274-275.

*Likas*, sinira ng kasalanan, ibinabalik ni Kristo 38; bunga ng pamumuhay 431-432; atins; mga, ang nagpapasiya ng ating impluwensiya sa iba 421; mga gawa ang subukan ng 124, 426-427.

*Liryo* 432-433.

*Liwanag mula sa Diyos*, kondisyon sa pagtanggap ng 244; isang pagpapala sa umuunawa 315, 317; lubhang kailangan sa mga manggagawang kasama ng Diyos 380; nagiging bunga ng pagtanggi sa 381, 703-706, 837-840, 1075-1077; liwanag at kadiliman, malaya ang tao na makapamimili alin man sa 656.

*Lucifer at ang mga kampong mga anshel*, kaluwalhatian ni, nang nasa sa langit 1109, 1112; paghihimagsik ni, nagpasimula sa pagkamakasarili 14, 624-625, (ting-nan ang Satanas): kaibahan ni, kay Kristo 15, 18, 1920, 625; bakit wala ng kaligtasan o di na magagawa pang mailigtas 1114.

*Magalak* sa pakikiugnay sa Diyos 709.

*Maghahalaman*, pagtuturo sa mga anak mag-aral sa 738-739.

*Magnanakaw*, nagsisising, doon sa krus, may una ng pag-kaalam kay Kristo 1093; iniligaw ng mga saserdote at mga pinuno 1093,

pananampalataya ng, isang kaaliwan kay Kristo 1093-1097; pag-papatawad ni Kristo sa, isang patotoo ng Kaniyang pagka-Diyos 1097. [1258]

*Magulang*, halimbawa ni Kristo tungkol sa mga 76-77, 88-91, 1098-1099; Kaniyang halimbawa para sa mga 738. Mahal na tao, anak na lalaki ng, pinagaling ni Kristo 255-257, hiningi ni Jesus sa, na manampalataya 255, 259; at ang kaniyang buong sambahayan ay naging mga alagad 258; pagsaksi ng, kay Kristo 336.

*Makaalam* ng katotohanan nasasalig sa pagtatakwil ng kasalanan 650-651, 710-711.

*Manananggol*, tinanong si Kristo tungkol sa batayan ng pag-tatamo ng buhay na walang hanggan 715-716, ang pinakadakilang utos 872-873.

*Mangangaral mga*, bahay-bahay na paggawa 493; guma-gawang dala-dalawa 489. (tingnan ang MGA MANGGAGAWA PARA KAY KRISTO).

*Mangangaral mga*, ng ebanghelyo, tungkulin ng mga, upang turuan ang iglesya bilang mga manggagawa para kay Kristo 1206-1207.

*Manggagawa mga*, para kay Kristo, gantimpala ng 431, 901; tumatanggap ng pagpapala habang ipinamamama-hagi nila 523-524; lahat ng kapangyarihan at biyaya ng langit ay para sa 332, 636, 968-969, 977, 978-979, 990-992, 1210-1212.

*Manggagawa mga*, para kay Kristo, hindi mga anghel kundi mga tao 405-408, lahat ay maaaring maging 331-334, 475-479, 615, 628-629, 1200, 1201-1202; kamangga-gawa ng mga anghel 408, sa pakikisama sa Diyos, mag-aaral kay Kristo 407, kawing na nag-uugnay kay Kristo at sa mga tao 407-408, 521-522, mga mangga-gawa (ministro) dapat turuan ang iglesya na maging 1206; di dapat pahinain ang loob ng 628-629; mga katangian ng 330-334, 380, 510-511, 512-513, 523-525; ang lalong tulad ng bata ang pinakamahusay 626; isasa-isang-tabi ang pagtataas ng sarili 627; nakaugnay sa Diyos, nakaugnay sa tao 709. [1259]

*Manggagawa mga*, para kay Kristo, tungkulin ng, upang ibigay ang pabalita sa sanlibutan 1198, 1202; na magsimula kung saan sila naroroon 1201; na maakay ang mga anak kay Kristo 739-740; na paglingkuran ang mga maysakit at mga dukha 490, 492, 1200-1201; upang saksihan si Kristo sa mga hukuman at sa harap ng mga hukom

497-498; na magpapahayag ng kanilang mga simulain 500, 502; na magmakupad sa pagkagalit 495-497; na huwag humingi ng payo sa mga taong walang-Diyos 497; upang pag-aralan ang Salita ng Diyos at hingin ang Kaniyang payo 498-499.

*Mangingisda*, bakit pinili bilang mga alagad ang mga 331, 1179.

*Maniningil* ng buwis, mga tagalikom ng buwis, likas at kalagayang panlipunan ng mga 368; madali-daling ma-impluwensiyahan ng katotohanan kaysa mga Pariseo 373 (tingnan ang MATEO, saka ang ZAQUEO).

*Manna*, isang aral ng pananampalataya 146; si Kristo ang tagabigay ng 542; umaanino kay Kristo 542, 546-547.

*Mapagpakumbabang-loob* 413-417.

*Mapapalad* 413-420.

*Maria*, ina ni Jesus, karukhaan ni 41, 47-50; pananampalataya ni, sa panganganak kay Kristo 109-110; una Niyang tagapagturo 73; pagkabigo ni, na maunawaan ang Kaniyang misyon 55, 91, 104, 184; karamay-damay sa Kaniyang mga kahirapan 55, 104, 180, 1086-1087; buhay sa tahanan ni, mga linggatong sa 96-97, 104, 446-447; pagkaalam ni, sa misyon ni Juan, pagkaka-binyag kay Kristo at pagtungo sa ilang 179-180; ina-asahan ni, doon sa piging sa kasalan 181; espirituwal na kaugnayan ni, kay Kristo 182; ang huling pagla-laan Niya para kay 1097-1098.

*Maria at si Marta ng Betania*, kailangan kapwa ang kanilang katangian 752-754, Maria, pagkakasala at pag-papatawad kay 808-813, alay ni, kay Jesus 799-809, doon sa libingan ng Tagapagligtas
[1260] 1151-1157.

*Masasamang Espiritu*, salita ng Diyos ang ating sanggalang laban sa 344; pinalayas, pagbabalik ng 450.

*Matagumpay* na pagpasok sa Jerusalem 815-829, layunin ng 818; mga hula tungkol kay Kristo inulit ng mga alagad sa 827-829; inaaninuhan ang ikalawang pagdating ni Kristo 830.

*Mateo*, Levi, pagtawag kay 370, bunga ng, sa mga mani-ningil ng buwis 371; piging ni, ’sa kay Kristo 371-372, 480.

*Mateo* 24, tingnan ang kabanatang 69, pahina 906-921.

*Maya mga*, pagkakalinga ng Diyos sa 432-433, 502.

*Mayaman*, pinababayaan ang mga dukha 926-927.

*Maysakit at nagbabata*, pagtangis ng, sa pagkamatay ni Kristo 1131-1134.

*Mesiyas*, inasahan ang, noong panahon ng mga magulang 30, ng mga Hudyo 23, 32-34, ng mga Hentil 32-33, ng mga Samaritano 249, ni Juan Bautista 117, 166, mga hula tungkol sa 30-34, 53, 54-56, 60, 117, 167, 202-203, 210-211, 244, 249, 268, 269-270, 304-308, 311-312, 325, 349, 350, 703, 815, 828, 830, 853-860, 874-875, 989-990, inulit ng mga alagad doon sa matagumpay na pagpasok 828, hindi naunawaan ng mga saserdote at mga rabi 27-28, 86, 88, 91-92, 169, 195, 249, 280-281, 310-313, 319-320, 541-542, 654-656; walang pagkaalam tungkol sa 39-41, 49-54; pagkakaisa ng mga bansa, paghina ng pananampalataya sa paganismo, isang paghahanda para sa 31-32; pangangailangan ng, upang pakiharapan ang kasamaan ng sanlibutan 34-38; likas ng, tulad ng ipinahayag sa hula 312-313; pagpapahayag ng 43, 64, 67, 121, 132, 166-169, 304-308, sa paglilinis sa templo 201-202, 842-843, doon sa sinagoga sa Nazareth 312-313; bilang ilaw ng sanlibutan 53-54, 665-668, sa pagpasok sa Jerusalem 815-821, pagtatakwil sa 891-895, 1077, 1078-1079, 1088 (tingnan ang mga HUDYO, SASERDOTE AT MGA RABI).

*Misyonero*, para kay Kristo, pinagaling na mga inaalihan ng [1261]
demonyo 476-477; lahat ay maaaring maging mga 251-253, 477-479, 1200, 1207-1208.

*Moises*, Si Juan Bautista inakalang si “ang propetang yaon” 165; kung sumampalataya lamang ang mga Judio, disi’y tinanggap si Kristo 282, pagkamatay, pagkabuhay na mag-uli, pakikiharap ni, doon sa bundok ng pagbabagong-anyo 603-604, si Moises at si Elias, katulad ni Kristo sa likas at karanasan 145-146, 605-606.

*Moog*, ang hikayat na kaluluwa ang kay Kristong 451.

*Mukha*, kagandahan ng-likas nahahayag sa 431, 877, 879; ni Kristo, ganda ng 168, 180, 339, 849-850, 1019-1020, 1052, 1072-1073.

*Naaman*, bakit tangi nang biniyayaan ng higit kaysa mga ketongin ng Israel 315.

*Nag-aalinlangan*, halimbawa ni Kristo sa pakikitungo sa mga 1178.

“*Naganap na*” salitang iniukol sa Ama 706, 1105, 1107, 1119, 1221-1222; naging bunga ng, sa senturion doon sa krus 1121.

*Nagkakasala*, patakaran ni Kristo sa pakikitungo sa mga 633-636, 1173-1175; kahabagan at palakasin ang loob 723; pagkahabag

ni Kristo sa mga 811-813; isang halimbawa si Judas 953-954; isang halimbawa si Pedro 1187.

*Nag-iisang layunin sa paglilingkod sa Diyos* 431, 460-461.

*Nain*, pagbuhay sa anak na lalaki ng balo doon sa 442-443.

*Nagliliyab na punong kahoy*, sagisag ng pagkakatawangtao 16-17.

*Nagsisisi*, magnanakaw o tulisan na, pananampalataya ng 1093-1097, pangako sa 1095, 1096-1097.

*Nararapat*, ang katuwirang iginigiit upang maipapatay si Kristo 774-775.

*Nathanael*, likas at pagkatawag kay 173-174, 401-402.

[1262] *Nawaglit na tupa*, ang sanlibutang ito 1004-1005.

*Nazareth*, bayan ni Jesus 70, 71, mamamayan ng, likas ng 75, si Kristo doon sa sinagoga sa 79-80, 311; di paniniwala ng mamamayan doon sa 254, 313, 320, tangkang pagpatay kay Jesus doon sa 317-318; huling pagdalaw ni Kristo doon sa 318-319.

*Nicodemo*, likas at kalagayan ni 213, 216; isang tagapa-kinig ni Juan Bautista 216; pagka-Pariseo ni 216; isang saksi sa mga himala ni Kristo 214; pagdalaw sa gabi ni, 214-215, kay Kristo 214-227; ipinagtanggol si Kristo sa harap ng mga Sanedrin 213-214, 226-227, 658-659; at si Jose na taga-Arimathea ay di na ipina-tawag sa huling mga pagpupulong 773, 1013-1014; pananampalataya ni, nagtibay sa pamamagitan ng pagkakapako sa krus ni Kristo 227, 1132-1133; pagsi-silbi ni, sa paglilibing kay Kristo 1127-1130, sa iglesya pagkatapos umakyat ni Kristo sa langit 226-227; isinalaysay kay Juan ang una niyang pagdalaw kay Kristo 227.

*Noe*, kaarawan ni, kumakatawan sa panahong bago sumapit ang ikalawang pagparito 915.

*Olibo*, bundok ng, panalanginang dako ni Kristo 659, 982; pangangaral doon sa 215, 907; pook ng pag-akyat sa langit at nang ikalawang pagparito 1213-1214.

*Paa*, paghuhugas sa mga, ng mga alagad ni Kristo 935-939; isang halimbawa ng espirituwal na paglilinis 939-941; isang halimbawa at palatuntunan 942-946.

*Paaralan ng mga rabi*, pagdalo ni Kristo sa 86 (tingnan ang PAGTUTURO).

*Paaralan ni Kristo* 461, ang sambahayan 737.

*Pag-aalinlangan*, panganib sa pagpapahayag ng 449; nagdadala ng kadiliman 531.

*Pag-aaring-ganap sa pamamagitan ng mga gawa*, simulain ng paganismo at ng tumalikod na relihiyon ng mga Hudyo 35, 380-381, 540; ang bunga ng 37-38. [1263]

*Pag-aayuno*, ni Kristo doon sa ilang 135; ng mga Pariseo at ng mga alagad ni Juan 375-382; di para sa mga alagad habang kasama nila si Kristo 376, tunay na 378, 381, 430-431; at pananalangin muna bago ang pagpa-pagaling 615.

*Pag-akyat ni Kristo*, sa araw ng pagkabuhay 1155; pagka-raan ng apat-na-pung araw 1217; nagsisilbing kalu-walhatian 1220; bilang tagapamagitan para sa Kaniyang iglesya 964-966.

*Pag-alis*, sa araw na itinakda 31.

*Pagano*, pagkahikayat ng mga, sa pamamagitan ng pagka-bihag ng mga Judio 25; masisiglang mga guro sa gitna ng mga 32-34, pakikitungo ni Kristo sa mga 571, 574, 586; ilan ay naligtas sa pamamagitan ng liwanag ng katalagahan at ng Banal na Espiritu 923-924.

*Pag-awit*, sa gitna ng mga Hebreo 72, 82-83, 640-641, 818; ni Jesus, nang Kaniyang kabataan 78-79; doon sa Kaniyang Huling Hapunan 979-980 (tingnan ang AWIT).

*Pagbabagong-Anyo*, hinulaan 597; paglalakbay tungo sa lugar ng 598; si Kristo at ang mga alagad umahon sa bundok ng 599; isang paglalarawan ng kaharian ng kaluwalhatian 604; pinagbawalan ang mga alagad na huwag ipagsabi ang 609.

*Pagbabata*, paano itinuturing ng mga Hudyo 360, 363, 678-679.

*Pagbato*, kay Kristo, tinangka ng mga Hudyo 678; parusa sa pamamagitan ng, mga saksi ang mauuna sa 662.

*Pagbubulay-bulay*, sa buhay ni Kristo 94, at pananalangin, halimbawa ni Kristo sa 103-104, 135, 140, 347-348; napapakinabang sa 93-94, 155, 511-512, 961-962.

*Pagbulong-bulong* ng mga alagad dahil sa nilikha nilang bagabag, lunas sa 531-532; pag-aalinlangan at di-paniniwala 1175-1178.

*Paghahali-halili ng mga alagad* 671-672.

*Paghahandog*, ng mga pagano ay isang pagpapasama sa tunay
na 25, Hebreo, layunin ng 391, 677; isang sagisag ng pag-ibig ng [1264]
Diyos na nasa kay Kristo 26-27, 133; ng pag-uusap ng Diyos at ng

tao 136; lamang ay walang halaga 391; pinasama ni Satanas 27, 136, di-na-unawaan ng mga Hudyo 133, 197, 199; pagbibilihan ng, sa bakuran ng templo 196-197, 841; ng tao, ipinagba-bawal 674, 676-677; ni Maria sa pagtatalaga kay Kristo 47; ng kordero sa halip ni Isaac 133, 677; mga Hudyo na rin ang sumira sa kapangyarihan ng 210.

*Paghahandog*, panuntunan ng, isang hula ng ebanghelyo 209-210, 280.

*Paghahasik at pag-aani*, mga sagisag ng gawain ng ebanghelyo 247.

*Paghatol*, iginagawad ng tao sa kaniyang sarili 57-58, 673-674; ang katarungan ng Diyos ay nabibigyang-matuwid sa 58; gawain ni Kristo sa 278, hatol na igagawad sa, dahil sa pagpapabaya sa katotohanan 706, ang subukan sa 922-924.

*Paghatol sa iba* 433-434, 1173.

*Paghihiganti*, makikilala ang kaibhan kaysa matuwid na pagka-galit 427-428, 494, 496, 893-894.

*Paghihirap ni Kristo*, ang dahilan ng 822-827, 901-902, 996-1005, 1097-1106; tagumpay sa 901-903, 1005-1007, 1103-1105.

*Paghuhugas ng mga kamay*, seremonya ng 560-561.

*Paghuhulog ng lambat sa kanang panig ng daong*, kahulugan ng 1183.

*Pag-ibig*, ang simulain ng pamahalaan ng Diyos 11-17, 495-496, 674-676, 1109; ng Diyos sa pagkakaloob kay Jesus 37-38, 46, 56-57; nagiging bunga ng pagbubu-lay-bulay 417, 690, sa Diyos naipakikita sa pag-ibig sa kapwa 724; ni Kristo, sa Jerusalem 823-824, 894; sa atin 456; kapangyarihan na umaakit sa Kaniyang mga tagasunod 693; sa, mga pagpapagaling Niya 106, 1205-1206 ang Kaniyang itinuturo 106, 268, 339, Kaniyang paghihirap doon sa krus 1103-1104; di-tinutu-gon, ang pagdadalamhati Niya sa 554-555, 1000,
[1265] 1099.

*Pag-ibig*, batayan at katunayan ng pagkaalagad at pag-lilingkod 391, 701, 987-989, 1187; pasiglahin ang pag-sasabi ng 456, 738-739, 1209.

*Pagiging-katiwala* 748-749.

*Pag-iikapu*, 562-563, 888-889.

*Pag-iisip*, hindi isinuko ni Kristo sa tukso ang 150; nagagawa ng maruming 417; mga pananalita nagkaka-impluwensiya sa 449.

*Pagkabuhay na mag-uli*, espirituwal at literal, sa pama-magitan ng kapangyarihan ni Kristo 276-278, 443445, 543-544, 545, 761-762, 914, 1148-1149, mula rito tinatanggap ang buhay ni Kristo 545-546; si Moises at si Elias doon sa bundok ng pagbabagong-anyo kumakatawan doon sa mga binuhay sa unang 603604; tinuruan ni Kristo ang mga Sadduceo tungkol sa 868-870; ng marami sa kay Kristong 1146-1147; magkakakilala ang mga magkakajibigan doon sa 1171-1172.

*Pagkabuhay na mag-uli ni Kristo*, sa sarili Niyang kapangyarihan 1145-1146, kumakatawan sa pagkabuhay na mag-uli ng mga matuwid 1171-1172, ibinalita sa mga saserdote at kay Pilato 1142, 1143-1144, nang araw ng paghahandog ng bigkis na inalog 1146-1147.

*Pagkabuhay na mag-uli ni Lazaro*, pangako ng pagkabuhay na mag-uli ng mga matuwid 761-762, pinakapa mutong na katibayan ng pagka-Diyos ni Kristo 770.

*Pagkabulag*, sa espirituwal, ng mga Pariseo 685.

*Pagkagalit*, matuwid na, 428, 893-894.

*Pagkahapis*, tunay na, hindi binubuo ng pagkalumbay 413-414, ng mga alagad pagkaraang mabuhay na maguli ni Kristo 1157-1158

*Pagkahikayat*, unti-unti 220; hindi sa tao 451, 579-580; pagbabago sa pamamagitan ng 631 (tingnan ang BAGONG PAGKA-PANGANAK); laya ng kalooban sa 670-671, ng mga anak 736-738.

*Pagkain ng laman ni Kristo*, tinatanggap Siya sa pamamagitan [1266]
ng pananampalataya 543, 958-959.

*Pagkain ng tinapay*, talinhaga ng, ginamit ng mga rabi 542; ginamit ni Kristo 542-551.

*Pagkakaisa*, paano maaabot 406; ng iglesya, katunayan ng pakikiisa kay Kristo 988-989.

*Pagkakagulo ng mga tao kay Kristo* 306.

*Pagkakaloob*, kaluguran ng Diyos at ng mga anghel 13, ang batas ng kalikasan 12-13; ang kondisyon ng pag-tanggap 522-523.

*Pagkakatawang-tao*, layunin ng, 18, 430, 512; mga sagisag ng 16-17.

*Pagkakawanggawa*, buhay ni Kristo, simulain ng kautusan 244, 246, 428-429.

*Pagkamakasarili ay kamatayan* 597.

*Pagkamakasarili*, nahahadlangan ang pagkaunawa sa Diyos 418, umaakay sa pagpapaimbabaw 583, pinapalitan ang mga utos ng Diyos ng mga haka-haka ng mga tao 583-584; nawawala ang biyaya ni Kristo 630-631.

*Pagkapuksa*, ng masasama, di-ayon sa namimilit na kapangyarihan 125, 1117-1118; ng Jerusalem hinulaan 825-826, 895, kumakatawan sa huling pagkalipol ng mga Hudyo 830; kumakatawan sa pagkagunaw ng sanlibutan 1085 (tingnan ang IKALAWANG PAGPARITO); pagkawasak ng Jerusalem at katapusan ng sanlibutan, mga hula ng, pinagsama ni Kristo 907, mga tanda ng 910-916.

*Pagkatakot*, bunga ng di pagsampalataya 470-471.

*Paglalarawang likha ng isip*, pinamamanhikan ni Kristo 338.

*Paglilibing kay Kristo* 1126-1130.

*Paglilimos* 124, 430, 744, 748-749; tunay na hangarin sa 430.

*Paglilingkod*, batas, ng buhay 13-14, 431, ng kaharian ni Kristo 784, 786, isang pagpapala 459-460.

*Paglilingkod*, nagmula sa Diyos 942; halimbawa ni Kristo sa 722,
[1267] 927-928, 942-945, bunga ng kay Kristong, nakita pagkamatay Niya 205-210, 241-242, 247-248, 358; ang katunayan ng pagkakaugnay kay Kristo 632-633, 785-786, 922-923, 931-946, itinatag ang iglesya para sa 928, 1200; pagpapagaling sa baliw na batang lalaki isang aral ng 614-615; sa maysakit at nanganga-ilangan, bunga ng 490, 1201-1203; mga napapakina-bang sa, ng mga manggagawa 927-929, 942-944 (ting nan ang PAGPAPASAKIT NG SARILI).

*Paglilitis kay Kristo*, ang mga katuwiran ng pagmama-dali sa 1017; sa harap ni Anas 1013-1017, sa harap ni Caipas at ng mga Sanedrin, gabi 1017-1027; umaga 1034-1035, mga sakdal na patunayan sa 1013, 1035; nagkakasalungatang patotoo ng mga saksi sa 1020-1021 (tingnan ang CAIPAS).

*Paglilitis sa harap ni Herodes* 1060; humihingi ng himala 1061-1062 (tingnan ang HERODES ANTIPAS).

*Paglilitis sa harap ni Pilato*, dinaluhan ng mga Sanedrin 1051; pagkakalagay sa alanganin ng mga saserdote 1053-1054; mga saksing bulaan 1055; pagkaka-iba ng pinararatangan at ng mga nagpaparatang 1057; pagkalito ni Pilato 1055-1059; dumulog kay Herodes 1059-1060; pagpapalaya kay Barrabas 1069, 1072-1073; si Kristo'y dalawang ulit na hinampas 1070, 1077; hininging ipako sa krus

1069, 1073; pagkaka-sala ng, hindi inako ni Pilato, inako ng mga Hudyo 1078-1079 (tingnan ang PILATO).

*Pagmamana*, si Jesus at ang batas ng 45, 140.

*Pagpapagaling*, na pangkatawan, kumakatawan sa Espirituwal 264, 358-360, 365, 483-485, 1199; nag-ukol ng maraming panahon si Kristo sa 490; hangarin ng 518, pangako ng 1198-1199, 1202-1205, panalangin para sa, at ang paggamit ng panlunas 1205.

*Pagpapahayag ng kasalanan*, hayagan at lihim 1184.

*Pagpapahayag ni Pedro sa pagka-Diyos ni Kristo* 555, 587-588.

*Pagpapakain sa limang libo*, maalalahaning pagkalinga ni Kristo [1268]
sa 515-518; mga aral tungkol, sa kasim-plehan 518, sa katipiran, sa buhay na ito at sa espirituwal 520-521, sa pag-asa sa Diyos 521-526, sa pagtulong sa dukha 522, sa paglilingkod 523-524, sa pangangaral ng ebanghelyo—nagbibigay, tayo'y tumatanggap 523-524, sa sariling kapanagutan 524; na-hayag ang kapangyarihan na nagbubunga ng likas na pag-aani 519; pinakaasam-asam nag-alab sa pama-magitan ng 527-528.

*Pagpapakasakit*, Diyos ang pinagmulan 11-12, 5657; ni Kristo 11-22, 56-57, 156-157, 631-632; inilalara-wan, sa kalikasan 12, sa mga anghel 13, ni Juan Bautista 228-232, 301; ni Kristo, hindi naunawa-an ni Satanas 136-138, nakikipagbaka siya laban sa 301, 302-303; putong ng 301, pinakamataas na karangalan 303, lagi nang mahigpit ang simulain 371; kagalakan ni Kristo sa 585-586; kalagayan ng pagi-ging malapit kay Kristo 783.

*Pagpapakasakit ni Kristo para sa atin* 157-160, 996-1000, 1002-1005, 1097-1104, 1110-1113; nagiging bunga ng pagbubulay-bulay sa 93-94, 961-962.

*Pagpapakasakit para kay Kristo*, ni Mateo at ng naunang apat na alagad 370-371; ni Maria ng Betanya 806; subukan ng, para sa lahat ng mga tagasunod ni Kristo 370; paano nabigyan ganti kay Pedro 330.

*Pagpapako ng sarili* 596.

*Pagpapako sa krus*, naging bunga ng, sa mga nakakita 1102, 1104-1105, 1121-1122, sa mga alagad 11261127.

*Pagpaparatang at pagsusumbong*, pamamaraan ni Satanas 372-373, 496.

*Pagpapasakop-ng-sarili kay Kristo*, kapayapaan sa pama-magitan ng 461, 463; ang kondisyon, ng paglaban sa tukso 547-549, ng pagkaalagad 745-749.

*Pagpapatawad*, ang tunay na 1172-1173.

[1269] *Pagpapatawad ng mga kasalanan* 1174-1175.

*Pagpatay*, kapootan ay 427.

*Pagpipigil-sa-sarili*, ituro mula pagkabata 113, pinakama-taas na katunayan ng pagiging marangal na likas 416.

*Pagpupuyat at pananalangin*, nawawala sa mga alagad dahil sa pagpapabaya 600-601, 606, 1034; para sa ikalawang pagparito ni Kristo 917-919.

*Pagsaksi para kay Kristo*, ni Juan Bautista 294, lahat ay mag-tataglay ng 486, 502, ang patotoo ng sariling karanasan 175-176, 476-477, 485-487, 502, 512-513; isang pagpapala sa ating sarili 487.

*Pagsalok ng tubig*, seremonya ng, doon sa Pista ng mga Taber-nakulo 640-641.

*Pagsamba*, tunay na, ano ang 242-243.

*Pagsasauli*, katunayan ng pagsisisi 793.

*Pagsisisi*, panawagan ni Juan Bautista sa 119, tunay na 413-414;ang kaloob ni Kristo 225, 413; bunga ng 414-415, 793; pagpa-paliban, kasalanan sa Banal na Espiritu 452.

*Pagsubok*, pagpapala sa 156, 302, 415-420; sa napakahig-pit na, napakalapit ang tulong ng Diyos 759; si Elias nang nasa sa ilang ay isang halimbawa 415.

*Pagsunod*, halimbawa ni Kristo sa, sa mga magulang 76-77, 91, 104; sa Diyos 18, 95, 97, 102-103, 130, 139-140, 146, 149-150, 154, 182-183, 245, 273-274, 459-460, 902, 1002-1003, 1004-1005; sa Diyos, para sa ikabubuti natin sa buhay na ito 147, 423-424, dapat magmula sa puso 971.

*Pagsusumikap para sa ikararangal ng Diyos*, itinatanim ng Es-piritung Banal 584.

*Pagsuwat*, kasalanan ang magpigil sa 635; matapat na, pinagtibay sa langit 1173-1174; buhat kay Kristo, tinanggap ng mga alagad 405; tinanggihan ni Judas 404, 1045.

[1270] *Pagsuwat sa kasalanan*, pag-ibig ng Diyos nasa 118-119; sumuwat si Kristo ng walang pagkagalit 495496, 893-894.

*Pagtataas-ng-sarili*, nag-akay sa pagkakasala ni Satanas 15, 624-625; lahat ng di tamang relihiyon nagmumula sa 392; di nagiging

karapat-dapat ang tao para sa gawain ni Kristo 626, para sa kaharian ng langit 626-627.

*Pagtatagumpay ni Kristo*, pag-asam ng 585-586, 707, 898, 904, 990-991, 1211.

*Pagtataksil*, hamakin ang mga kautusang rabinico isang 268-269; laban sa pamahalaan ng Roma paratang laban kay Kristo 1021, 1055.

*Pagtatakwil-ng-sarili*, saligan, ng pagtanggap ng Banal na Espiritu 231-232, ng pagtanggap kay Kristo 381-382, 413, ng paggawang kasama ni Kristo 595-596 (tingnan ang PAGPAPASAKOP NG SARILI).

*Pagtatalaga sa Diyos*, pangkatawan at pangkaisipang kapangyarihan tinatanggap sa pamamagitan ng 332-334, 1210-1211. (tingnan ang PAGPAPASAKOP NG SARILI)

*Pagtatangi-tangi*, kinapopootan ng Diyos 572-573; gawain ni Kristo na sirain ang 572; walang lugar para sa, sa mga alagad ni 627.

*Pagtatangi-tangi*, ng mga Judio 26, 49-50, 97, 567-568, 717, 720, 1196; nagiging bunga ng 35-38, 189; tinutulan ni Kristo 97, 189-193, 249-250, 323, 371-373, 421, 571, 717-721, 1196, 1201-1202; sa pamamagitan ng halim-bawa, ni Juan Bautista 115-116, ng mabuting Samaritano 720-721; doon sa Hapunan ng Panginoon 954.

*Pagtatatwa kay Kristo* 503.

*Pagtawag ng mga alagad sa may Dagat ng Galilea* 329.

*Pagtingin kay Kristo*, nababago sa pamamagitan ng 631.

*Pagtitimpi*, aral ng, mula kay Juan Bautista 112-115, mula sa himala ng tinapay at mga isda 518, sa pagtanggi ni Kristo, doon sa krus, sa pampamanhid na inumin 1091.

*Pagtitipid*, turo ni Kristo sa 520. [1271]

*Pagtitiwalag*, sa mga maliliit 681-682.

*Pagtubos*, hindi isang paraang inisip 15, 183, 585, 1221-1222; siyensiya at awit ng kawalang hanggan 11-12; layunin at naging bunga ng, para sa tao 15-22, 898899, 902, 904, 1113, para sa mga anghel 11-12, 21, 904, 1107-1113, 1119; ay mahigit pa kaysa sinira ng kasalanan 20, 806-807, 808; itinatanyag ang kautusan ng Diyos 18-19, 1113-1118; pati ang lupa 22, 707; halaga ng, nahulo sa walang hanggan 160; isang naka-pagtuturong halimbawa ng, pagtubos sa aliping Hebreo 455-456, pagpapagaling sa baliw na batang lalaki 615; masaganang paglalaan ng, hindi isang pag-aak-saya, ini-

larawan sa pamamagitan ng handog ni Maria 807-808; bakit para sa tao at di para kay Lucifer 1114; tipan ng, pinagtibay nang umakyat si Kristo sa langit 1155, 1221-1222.

*Pagtukso sa Diyos*, kasalanan ng Israel 154.

*Pagtuturo*, (Edukasyon) ang bilin ng Panginoon tungkol sa 72; sa gitna ng mga Hudyo, makaraan ang pag-kabihag 26; noong panahon ni Kristo 72, 95, sa Batang si Jesus 71-77, 82-86, 95, 102-104, 646-647; kay Juan Bautista 112-118; sa mga alagad sa pamama-gitan ni Kristo 192, 330-334, 404-405, 488-489, (tingnan ang KATALAGAHAN), kahalagahan ng maagang 112-118, kailan nagiging pagpapala 330-331 "lalong mataas" na 668, 690, nagbibigay-lakas 332; sa iglesya sa gawaing pangangaral 1207-1209 (tingnan ang BANAL NA ESPIRITU).

*Pag-uusap* 93, 449, 531-532, 707-708.

*Pag-uusig*, sa mga Hudyo sa panahon ng pagkabihag do-on
sa Babilonia 25, kay Kristo nang kamusmusan pa Niya 99-100;
sa mga apostol ipinagpaunang sinabi 497-498, sa mga Kristiyano
bago mawasak ang Jerusalem 910; sa malaking kabagabagan o
kapigha-tian 911, sa huling tunggalian 147-148, 909-910, 1117; mga
[1272] sanhi at mga bunga ng 419-421, 497-498, 503-504; di kailangang
sagupain 499-500, 642-644, 777, huwag iwasan sa pamamagitan ng
pakikipagkasundo ng simulain 500-501, paghahanda sa pagharap sa
497-498, 989, 991-992.

*Pag-uusisa*, hindi pinaunlakan ni Kristo 540, 679, 1062.

*Pagyayabang*, ang inihahalili sa pananampalataya 155.

"*Pakanin mo ang aking mga tupa*" 1184-1185.

*Pakikibagay sa sanlibutan*, mga simulain ng katuwiran, hindi nagsasama 432, ambisyong makasanlibutan at mga kaugalian, isang pamatok ng pagka-alipin 460-461.

*Pakikipagsundo ng simulain* 500.

*Pakikipagkasundo sa mga kapatid* 428, 633-635.

*Pakikipagtalo at pagtatalu-talo*, layunin ni Satanas sa 561; sinikap iwasan ni Kristo 232-233, 337, 621, 717, tinuruan ang mga alagad na iwasan ang 490.

*Pakikipagtulungan ng tao sa Diyos* 404-408; itinuro sa pagbuhay kay Lazaro 766-768; kay Kristo, tinatang-gap ang kapangyarihan sa pamamagitan ng 1210-1211.

*Pakikisama* 93, 192-193; halimbawa ni Kristo sa 102, 105107, 189-193, 235-238, 249-252, 372, 374-375; nagiging bunga ng 192-193, 249-252, 371-372.

*Pakikisama kay Kristo sa Kaniyang mga kahirapan*, ang pinakamataas na karangalan 303.

*Palugit para sa bawat isa*, paano winawakasan 447, 451-452, 837-838.

*Pamahalaan ng Diyos*, humiwalay ang mga Hudyo sa, sa pagtanggi kay Kristo 1077.

*Pamatok*, ni Kristo 459, ng mga alalahanin sa sanlibutan 460-461.

*Pamumusong*, ang pagsasalita ng laban sa templo 197, laban sa kautusan ng mga rabi 268; sakdal ng, laban kay Kristo 269, 273-274, 364, 678, 1025, 1027.

*Panalangin*, halimbawa ni Kristo tungkol sa 511-512; nang Siya'y binyagan 131-132; bago italaga ang mga apostol 399-400; makaraang tumangging gawing hari 530; bago sinabi sa mga alagad [1273] ang tungkol sa Kaniyang pagpapakasakit 587; bago Siya nagbagong-anyo 600-601; bago buhayin si Lazaro 767-768; sa daan patungo sa Gethsemane 992-993; doon sa hala-manan 999-1005; patungkol sa mga papatay sa Kanya 1087-1089; ni Elias sa ilang 415; ni Nathanael 173-174; ng nagsisising magnanakaw 1093-1095; ng mga alagad pagkaakyat ni Kristo sa langit 1219-1220.

*Panalangin*, tunay na, udyok ng Banal na Espiritu 174; para sa Banal na Espiritu sa pag-aaral ng Biblia 174, 550; para sa payo at kalakasan 972; sa pagpa-pagaling ng maysakit 1205; para sa pagpapalabas ng masasamang espiritu 490-492, 615; sa pangalan ni Kristo nangangahulugan ng pagkamasunurin o pagta-lima 971: hindi masambit ay diringgin 346; inihaharap ni Kristo ang atin na parang sarili Niyang 969970; humihingi ng napakalalaki sa 971; sagot sa, bakit naaantala 256, 259-260, sumampalatayang ating tatanggapin 978-979, at pagpupuyat, bunga ng pagpapabaya 978-979, 1000, 1010-1011, 1034.

*Pananampalataya*, higit pa kaysa pinag-aralang pag-ayon 485, naiiba kaysa pagyayabang 155, hipo ng, naiiba kaysa di-sinasadyang pagkakahipo 484-485, itinatak-wil ang pananalig sa sarili 440, 470; nananalig sa mga pangako ng Diyos 155, 259-260; nagbibigay ng kapangyarihan 484; nanghahawak sa pagka-Diyos ni Kristo 150,

225, 227; nagdudulot ng kagalingan ng kaluluwa at katawan 264-265, 363, siyang susi ng ka-alaman 171, ang daang patungo sa langit 540, pagsubok ng 584; nagtagumpay si Kristo sa pamama-gitan ng, gayon din naman tayo 150, 974, 991, 1104-1105, nabuhay si Kristo sa pamamagitan ng, bilang ating halimbawa 470, 548; lahat ng bagay ay may pangyayari sa 613.

*Pananampalataya*, ng mga Pantas 60-62; ng taong mahal ki-
[1274] nakailangan sa pagpapagaling ng kaniyang anak 256-260; ng taong lumpo 262-266, ng ketongin 353, ng paralitiko 363-366; ng senturyon 437-439, ng babaing Sirofenisa 567-573, ng ama ng baliw na batang lalaki 613, ng magnanakaw doon sa krus 1093-1095, aral ng, kay Zacarias sa pagsilang ni Juan 110-111, mula kay Kristo nang payapain ang bagyo 469-470, nang pakanin ang limang libo 521-523, nang lumakad si Pedro sa ibabaw ng dagat 535-536, itinulad sa butil ng binhi ng mustasa 615-616.

*Pananampalataya*, pagsang-ayon sa, di-sapat upang makapagligtas 425-426.

*Pangako*, sa bawat utos na mula sa Diyos 429, 522-523.

*Pangalan*, nasusulat sa langit ang mga 708.

*Panganay*, nakatalaga sa pagkasaserdote 48; pagkakaligtas ng Israel doon sa Ehipto 49, 84; lipi ni Levi ang inihalili sa 49; pagtubos sa, iniutos 49; pagha-handog ng ina sa 47.

*Pangangalunya*, sakdal ng 659-662, ipinagbabawal ng mga rabi ang paggawa ng 660-662.

*Panghuhuli ng mga isda*, ikalawang himala ng, isang pag-uulit sa tagubilin sa mga alagad 1182-1183.

*Pangunang bunga*, paghahandog ng, pagkatapos ng Paskwa 84; inaaninuhan ng 1146-1147, 1221.

*Panlalason*, pangako ng pagsasanggalang sa 1199.

*Pansariling kapanagutan sa gawaing Kristiyano* 524-525.

*Pantas*, katayuan, kaalaman, kayamanan ng mga 59; ang mga "pantas na lalaki" di-mananamba sa diyus-di-yosan 59, 63; pagkaalam nila tungkol sa Mesiyas mula sa sali't-saling sabi 59-60; mula sa mga kasulatang Hebreo at tuwirang pahayag 59-60; pagdalaw ng, doon sa Jerusalem 62-66, doon sa Bethlehem 66.

*Panunuligsa ng kamalian ng iba* 635-636.

*Panunumpa*, makatuwiran, pinahintulutan ni Kristo 1023.

[1275] *Paralitiko*, pagpapagaling sa, nakilala ang kapangyarihan ni

Kristo nang magpatawad ng kasalanan 360, 365-366; bunga ng, sa mga tao at mga Pariseo 366.

*Pariseo mga*, tinanggihan ang katotohanan dahilan sa mga porma at sali't-saling sabi 380-381; iniibig ang karangyaan sa mga pigingan, sa pananalangin, mga pamagat, mga pilakteria atbp. 349-350, 878-882; ginawang pamatok ng pagkaalipin ang paglilingkod sa Diyos 266-267, 878; di naniniwala sa ipinarara-tang nila kay Kristo 447-448; nag-aangkin, ng huwad na katuwiran 425, tinatawag nilang pagkama-tapat ay humantong sa pagpapako nila kay Kristo 425-426, kawalan ng puso sa mga nagdadalam-hati at mga taong itinakwil 360, 579; pagtataas ng sarili, pagpapaimbabaw ng 583; pagyayabang ng, sa pagbubuhat nila sa lahi ni Abraham 122-123, 671; ninanakawan ang mga babaing balo 882; inilisya ang paraan ng pag-iikapu 888-889; mga kautusan ng, tungkol sa karumal-dumal na pagkain 889; pinapag-apoy ang pagkapoot sa Roma 576; humingi ng tanda kay Jesus 576-577; nainggit doon sa matagumpay na pagpasok ni Kristo 821, 830-831; nakipagkaisa sa mga Herodiano laban kay Kristo 862; tinanong Siya tungkol sa, pagbuwis kay Cesar 864, pinakadakilang utos 872-873, pinatahimik ni Kristo 875, (tingnan ang MGA SADUCEO); samantalang pina-rarangalan ang mga propetang nangamatay na, itinakwil naman si Kristo 891-892; marami ang nagsisunod sa hakbang ng 381-382, 838-840, 880-881.

*Parusang kamatayan* 267, 1013.

*Paskwa*, pista ng, pinagmulan at pangingilin ng 49, 8284, 195-196, 948-949; kahulugan ng 49-50, 83-85, 91-92, hindi na pinansin ng mga Hudyo 84-85, 91-92, 547, 1051; unang pagdalo ni Kristo sa 82-86, di Niya pagdalo sa 514, 559; doon sa huling 931, 947-948, pagtatalu-talo ng mga alagad doon sa 933-934, pagdaraos ng Banal na Hapunan doon sa 947, 949. [1276]

*Pastor mga*, ng Bethlehem 43-44; ang pastor sa Silangan at ang kaniyang kawan 691-693; si Kristo ang Mabuting Pastor 687-696.

*Patay*, kaugalian ng mga Hudyo 'sa pagluluksa at paglilibing sa 442, 481, 757-758; mga kaloob para sa, nagbibigay buhay 801-802.

*Patay na kamay*, pagpapagaling sa 391-392.

*Payo*, ng mga di-kumikilala sa Diyos di dapat hingin 497; humingi ang mga alagad kay Kristo ng 488, 489, 505; sa Diyos tayo umasa, huwag sa tao, para sa 971-972.

*Pedro*, likas ni 171, 536, 981-982, 1185-1189, lumapit kay Kristo 171; sa panghuhuli ng mga isda, nahayag ang pagka-Diyos ni Kristo kay 326-328, 1182-1183, matibay na paniniwala at pagkapahiya ni 328; pagka-gamit ni Kristo sa bangka ginantimpalaan kay 329330; lumakad sa dagat 533-535; di saligan o ulo ng iglesya 589, 590; hindi ibig ni, na makita ang krus sa gawain ni Kristo 594; pangungusap ni Kristo, "lumagay ka sa likuran ko, Satanas," di ipinatutungkol kay 594-595; babala ni Kristo na magkaka-ila si 980-981, doon sa Gethsemane 995, 1001-1002, 1010, 1011; doon sa paglilitis kay Kristo 1029-1033; natatanging pagkatawag kay, na tagpuin si Kristo sa Galilea 1156-1157; doon sa libingan 1152, tatlong ulit na pagsubok kay 1184-1185; pagbabago ng likas ni 1186-1187; espirituwal na pagkakilala ni, kay Kristo 1188-1189; kamatayan ni, sinabing pauna 1187-1188.

*Pentekoste*, mga nahikayat doon sa, bunga ng paggawa ni Kristo 247-248, 358-359, 372, 505-506, 894-895, 1121-1122, 1131-1132, paghahanda ng mga alagad para sa araw ng 1210, 1219-1220.

*Perea*, pangangaral ni Juan doon sa 284; pangangaral ni Kristo doon sa 702, 711.

[1277] *Pilakterya* 880.

*Pilato*, saloobin ni, nang makita si Kristo, at pagkaki-lala sa Kaniya mula sa bali-balita 1052-1053, 1057; likas ni, bilang isang hukom 1053-1054; paniniwala ni, nang nililitis si Kristo 1057, 1077-1078; babala kay, sa pamamagitan ng kaniyang asawa 1066-1067; kahinaan, pagkamakasarili ni 1065-1066, 1072-1078; matinding sama ng loob ni, pagkabuhay ni Kristo 1078, 1143-1144; pagpa-pakamatay ni 1078.

*Pinuno*, yaong nagtanong ng kondisyon ng pagtatamo ng buhay na walang hanggan 743-746; tugon ni Kristo sa, di nasiyahan si Judas 1044.

*Pipi*, mga hayop na, halimbawa ni Kristo tungkol sa 79; pagkakalinga ng Diyos sa 432, 502, 719-720.

*Pitumpung alagad* 706.

*Pitumpung sanlinggo ng Daniel* 9:24, 306-310.

*Puno ng igos*, na di-namumunga, isinumpa 832-837; talinghaga ng 837.

*Punong-kahoy na sariwa*, at tuyo, kumakatawan kay Kristo at sa di-nagsisising makasalanan 1085-1086.

*Punong-kahoy*, sa mga bunga makikilala ang 123-124, 434.

*Relihiyon*, di tunay na mga, nagmumula sa pagbubunyi ng sarili, humahangga sa kalupitan at pagiging mababa 392-393, 690.

*Repormador*, paghiwalay ng mga, sa nakatatag na iglesya, tulad sa ating kaarawan 305-306.

*Romano*, mga pinuno at sundalong, pakikiramay ng, kay Kristo 831, 1036, 1073, 1074, 1103, 1124; bantay na kawal Romano doon sa pagkabuhay na mag-uli ni Kristo 1141-1142.

*Sa Aba*, ng Capernaum, ng Corazin, at ng Bethsaida 705, ng mga Pariseo 881-895.

*Sabbath*, layunin ng 383, 391, 394-396; ginawa ni Kristo 384, 394-395; pinabanal noong paglalang 383; ipinaha-yag sa Sinai
385-386; na panghabambuhay na tungkulin 386; pangingilin ng, [1278]
upang itangi ang mga Hudyo 386; iningatan ng mga bihag na Hudyo 25; mga ipinag-babawal ng mga Hudyo sa 266, 388-390; matuwid na pangingilin ng 272, 383, 389-390, 394-396; gawain ng Diyos at ng katalagahan sa araw ng 271-272; si Kristo at ang mga alagad pinaratangan ng paglabag sa 266-268, 389-390, 678-683; pinarangalan ni Kristo 272, 392, 393; ang layunin Niya sa pagpa-pagaling ng araw ng 270, nabigyang-katuwiran sa pamamagitan ng kaugalian ng pagtutuli 652-653; pagmamatuwid Niya tungkol kay David at sa mga saserdote 389-390; ang Panginoon ng 279, 390, 395; nagpahinga si Kristo ng araw ng, noong paglalang, gayon din sa libingan ni Jose 1120-1121; tanawin sa araw ng, pagkatapos ng pagpa-pako sa krus 1130-1136; iningatan ng mga alagad sa panahon ng pagkagiba ng Jerusalem 910-911; ipangingilin ng mga naligtas 1121.

*Saduceo mga*, mga aral, mga kaanib, katatayuan ng 276, 771, 866-870; tinanong si Kristo tungkol sa pagkabuhay na mag-uli 869-871; nakikipagkagalit sa mga Pariseo, nakipagkaisa sa mga Pariseo laban kay Kristo 576, 773, 866-867; doon sa paglilitis kay Kristo 1021.

*Salita ng Diyos*, ang kapangyarihan na siyang ipinagta-gumpay ni Kristo 149-151, na siyang dapat ikabuhay ng tao 146-147; saligan ng pananampalataya at ng paghubog ng likas 154, 434; ang buhay na binhi 248; espiritu at buhay 550-551; sanggalang laban sa masasa-mang espiritu 344-346; mag-aral ang lahat para sa kanilang sarili 174, 550, 656-657; hinimok ni Kristo ang mga tao na mag-aral ng

195; paano pag-aaralan at naa-angkop 170, 174, 550; mga napapakinabang ng pagiging angkop 550-551, nagiging bunga ng pagtanggi 838-840; salita ni Kristo, kapangyarihan ng 549; paghaha-limbawa sa senturyon 438-439, kapangyarihan ng, ipi-nakita sa pagbuhay sa
[1279] anak na lalaki ng babaing bao 442-443, ang katunayan ng Kaniyang pagka-Diyos 256.

*Salitang mga*, walang kabuluhan, at masasama, bisa ng, sa isipan at sa likas 449.

*Sali't-Saling Sabi*, mga kaugalian at mga alituntunin ng, pinahalagahan nang higit sa kautusan ng Diyos 560; di maaaring makipagkaisa sa pabalita ng ebanghelyo 378-380; isinaisang-tabi ni Kristo 95-99, 104, 270, 375-376, 386-387, 391-393, 559-565, 776; ang mga alagad pinalaya mula sa kapangyarihan ng 489; pagsamba sa, sa ating kaarawan 564.

*Salome*, anak na babae ni Herodias, doon sa piging ni Herodes 296-297.

*Samaritana babaing*, katalinuhan at kahusayan ng paki-kitungo ni Kristo sa 237-247; isang naghahanap ng katotohanan 244; isang misyonera para kay Kristo 245, 246-247, 252-253.

*Samaritano mabuting*, istorya ng, isang tunay na pangya-yari 717-718; kumakatawan sa misyon ni Kristo 720-724.

*Samaritano*, nayong, nagkait ng kagandahang-loob kay Kristo 700; mga lungsod ng, unang isinugo ang Pitumpu 702.

*Samaritano*, relihiyon at kasaysayan ng mga 241-242; alitan ng mga Hudyo at mga 235, 241-242; paniniwala ng, tungkol sa Mesiyas 248-249; halimbawa ni Kristo tungkol sa, pakikitungo sa, sa Kaniyang pangangaral 249-250, nang suguin Niya ang mga alagad sa kanila 700, 702-703, gawain ng mga alagad sa gitna ng, pagkaraang makaakyat si Kristo sa langit 250-251, 702-703.

*Sambahayan sa langit at lupa*, nabibigkis kay Kristo 20-21, 22, 455, 709, 1219, 1222; tinatanggap na kaanib sa 455; katunayan ng pagiging kaanib sa 923-925.

*Sambahayan*, sa lupa, si Kristo bilang kaanib ng 924; pagkakamag-anak, di dapat makapigil sa gawain ng Diyos 182-183; pag-
[1280] iibigan at pagpipitaganan sa 737-738; Kristiyano, isang paaralan ni Kristo 737; ang unang bukirin para sa gawaing Kristiyano 1201-1202.

*Sanedrin mga kaanib ng*, mga tungkulin, mga katangian, at kapangyarihan ng 162-163, 1013; pagsisiyasat ng, sa gawain ni Juan Bautista 161-169; mga binabalak ng, laban kay Kristo tinutulan ni Nicodemo 213-214, 658; nang lumiban si Nicodemo, binalak ang pagpatay kay Kristo 773-777; nilitis si Kristo sa harap ng 267, 277, 279, 1019-1025, 1034-1035; may paniniwalang si Kristo nga'y Anak ng Diyos 774; nilabag ang kanilang kautusan sa paglilitis kay Kristo 1013-1014, 1026-1027.

*Sanlibutan*, ang tupang nawaglit 1005, ang sentro ng pag-mamalasakit ng buong langit 501-502; aklat-aralan para sa sansinukob 11-12, na siyang pararangalan ng higit kaysa ibang mga sanlibutan 22.

*Santuwaryo*, ng mga Hudyo, isang sagisag, ni Kristo 17, ng santuwaryo sa langit 210-211.

*Sarili umasa sa* 708.

*Sarilinang paglilingkod sa gawaing Kristiyano* 174-175, 192-193, 923-924, 927-928, 1201-1202; isang pagpapala sa manggagawa 175-176, 929; ang bunga ng sariling karanasan 175-176, 476-477, ng mga apostol sa bahay-bahay na paggawa 493-494.

*Saserdote at mga Levita*, ang kakatawan sa kahabagan ng Diyos 718-720.

*Saserdote at mga rabi*, likas ng 26-28, 196, 198, 280-281, 282, 292, 319-323, 331, 360, 363, 372-374, 377-382, 391393, 577-579, 718-719, 1133-1134; itinulad sa gumaga-nap sa isang palabas 36; ihambing, kay Juan Bautista 291, kay Kristo 849-850, 876-877, 1020; aral ng, kasalungat ng kay Kristo 266-267, 320-322, 336-337, 344, nanaghili, sa mga pantas na lalaki 65, kay Juan Bautista 232-233, kay Kristo 232-233, 267-268, 305, 1123-1124; pinaalalahanan ni Kristo, sa pamamagitan ng mga pantas na lalaki 67, sa katauhan, tulad sa isang bata 86, 88, sa pamamagitan ni Nicodemo 226-227, sa paglilinis sa ketongin at paralitiko 357, 363-367; sa Kaniyang [1281]
huling pangangaral at paggawa ng kababalaghan 770-771, 862-895, 1010-1011; nakahiwatig ng pagka-Diyos ni Kristo 88, 204, 646-647, 652, 657, 773-774, 1019. 1020, 1071, 1072-1073; itinakwil si Kristo 65-66, 88, 169, 281-282, 305; mga katuwiran sa pagtatakwil 320-323, 774-776, pangangatuwiran ng, ang nagpalayo sa mga tao kay Kristo 655, 705-706, 876-877; pinararatangan si Kristo 267-268, doon sa piging ni Mateo 373—374, sa mga pinunong Romano 831-

832, sa harap ni Pilato at Herodes 1051-1064, 1073-1078; doon sa krus, inulit ang pangungutya ni Satanas 1091-1092; mga binabalak ng, laban kay Kristo 208-209, 213-214, 267-269, 282-283, 650, 654, 658-659, 678, 772-777, 797; si Satanas ang pi-nagbuhatan ng 269, nang hatulan si Kristo, hinatulan ang kanilang sarili 673; pagkamatay ni Kristo, kinatatakutan at paniniwala ng 1123-1124, 1131, 1135-1136; tinatakan ang libingan 1137, pagkaraang mabuhay na mag-uli 1142-1145, naging bunga sa, nang itakwil si Kristo 320, 322-323, 891-892, 1075-1079; mga pinuno ng relihiyon sa ngayon inuulit ang gayon ding pag-kakamali ng 54, 282, 305-306, 321-322, 344.

*Satanas*, gawain ni, na pasamain ang Diyos 14, 36, 37-38, 56-57, 136, 501, 1109-1110; na pigilin ang tao, sa pamamagitan ng paganismo at ng Hudaismo 35-36; na mapaghigantihan si Kristo, sa pamamagitan ng pagdudulot ng kamatayan, sa mga hayop 502, kay Juan Bautista 302-303, sa pamamagitan ng panunukso sa mga tao 137-138; upang magdulot ng, di-pagkaka-sundo 372-373, ng pag-aalinlangan, ng kawalang pagasa 501, ng krimen, ng kabaliwan, ng kamatayan 478-479; doon sa sinagoga sa Nazareth 314-318; doon sa Capernaum 340-341; na sirain ang loob o panlupaypayin, mapagtagumpayan at puksain si Kristo 137-138, 342-343, 594, 1070-1071, 1109-1113; na mahadla-ngan ang Kaniyang pagkabuhay
[1282] na mag-uli 1138, 1144, na ibagsak ang kautusan ng Diyos (tingnan ang KAUTUSAN); sa mga huling araw 343-344, 1116-1117.

*Satanas*, pananatili ni, bakit pinahintulutan 1109-1113; anyo at ang kapangyarihan ng katalinuhan ni 156, 294; nasa anyong tao 1069, 1091; tulad sa isang anghel ng kaliwanagan 141, 152; nakaaalam ng mga hula at paghahandog na ang itinuturo ay si Kristo 136, sumisipi sa Kasulatan 152; inaangkin ang daigdig 135, 156-157; pagkapoot ni, kay Kristo 46, 301-302, 502; kapulungan ni, kasama ng mga kampong anghel 137, 269; labis na pinag-uusapan ng mga Kristiyano si 707-708; di makapamimilit na magkasala 153, 301-302; si Kristo ang ating sanggalang laban kay 159-160, 450-452, 478-479, 707; pagsuwat ni Kristo kay, doon sa ilang 158, doon sa Cesarea Filipo 594-595; nalagot ng kamatayan ni Kristo ang dati niyang paglapit sa mga anghel 1113; pagkahulog ni, mula sa langit, at pangwakas na pag-puksa kay 706, 1118.

*Senturyon doon sa krus* 1121.

*Senturyon ng Capernaum* 437-438.

*Seremonyal na paglilinis*, pinaratangan ang mga alagad ni Kristo nang di-pagsasagawa 560.

*Sermon doon sa Bundok*, layunin ng 409-410, 411-413, nabigo ang mga tagapakinig sa 411-413, 418-419.

*Sibil at tungkuling panrelihiyon*, mga hangganan ng 864-866.

*Simon ang Cireneo*, pumasan ng krus ni Kristo 1084.

*Simon*, isang saksi kay Kristo 51-53, 668.

*Simon ng Betanya* 795; piging ni, kay Kristo 795, 797; pamumuna ni, kay Kristo, at ang diwang maka-Pariseo tungkol kay Maria 808-813; maawaing pakikitungo ni Kristo kay 809-813.

*Sinagoga*, pagsamba sa 26, 311-312; nakikisama si Kristo sa 79-80, 311-312.

*Sinai*, kabanalan ng, noong ibinibigay ang kautusan, itinulad sa kabanalan ng templo 197. [1283]

*Sirofenisa babaing*, bakit di agad tinugon ni Kristo 568.

*Siyentipiko na kaalaman*, natamo ni Kristo, mula sa katalagahan 73-74.

"*Sumunod ka sa Akin*" utos kay Pedro 1188-1191.

*Susi ng kaharian ng langit*, kahulugan ng 590; di lamang kay Pedro ibinigay 591.

*Tabernakulo at templo*, itinayo ayon sa parisan sa langit kumakatawan kay Kristo, gayon din sa mga alagad 274-275.

*Tabernakulo*, pista ng mga 637-641; pagdiriwang ng 397-399, 637-641, 665; pagtungo ni Kristo sa 642-645, 697; pangangaral Niya doon sa 645-655; pagbabalak ng mga rabi doon sa 650, 654-657.

*Tabing ng templo*, pagkahapak ng 210, 308, 1027, 1105-1106, 1131.

*Tagapagsumbong mga*, kasigasigan ng, upang ikubli ang kanilang pagkakasala 659-664.

*Talinhaga*, "Igiba ang templong ito" 208; ng bagong damit sa lumang kasuotan, ng bagong alak sa lumang sisidlan 378-379; ng pinalabas na masasamang espiritu at muling nagbalik 450; ng manghahasik at mga iba pa, kailan sinalita 465; ng huling ministeryo 711-713; ng dalawang mangungutang, isinaysay sa piging ni Simon 809; ng dalawang anak na lalaki 851; ng ubasan at masasamang mga magsasaka 852-855; ng batong itinakwil 854; inulit sa pamamagitan ng mga bagay ng katalagahan 398-399.

*Tanda mga*, ng pagkagiba ng Jerusalem, ng ikalawang pagparito 911-917; lalakip sa kanila na magsisisampa-lataya 1198-1199, 1202-1205.

*Tanda ng pagka-Diyos ni Kristo*, nang Siya'y binyagan 128-130,
131-132, 165-166, doon sa pagbabagong-anyo Niya 601, 604, 606-
607, doon sa templo 901-903, hiningi ni Satanas 142-143, ng mahal
[1284] na tao sa Cana 255-258; 437-438, ng mga rabi, mga Pariseo, at mga
Sadduceo 249, 541, 576-577, ng mga saserdote at mga pinuno doon
sa paglilinis ng templo 207-208, doon sa krus 1096, 1101, hindi
humingi ang mga Samaritano ng 249, ang tunay na 208, 209-210,
289-290, 314, 576-580; higit na dakila kaysa mga kababalaghan 143,
579, 663; Kaniyang salita, na siyang laging naroroon 256; nababasa
ang mga kaisipan 208, 652, 951-952; kaamuan sa kabila ng paglibak
at pahirap 1056-1057, 1070-1071.

*Tanda*, "ni propeta Jonas" 577-579; sa paggawa ng Banal na Espiritu 584.

*1000 Taon*, bago muling pumarito, isang pagkakamali 914-915.

*Templo*, karilagan ng 821-824, 906; kabanalan ng 824; itinulad sa Bundok ng Sinai 197; sa labas ng bakod ng patyo ng, pamalitan at pamilihan ng baka 195-196, 841; paglilinis ng, ni Kristo 199-202, 841-844, kumaka-tawan sa paglilinis ng puso 201-202; pagpapagaling doon sa 205, 846, "igiba at Aking itatayo," dalawang bagay ang kahulugan ng 208, 209-210, paratang laban kay Kristo doon sa paglilitis sa Kaniya 1021-1022; paglilingkod sa at gusali ng, mga Hudyo na rin ang sumira 210; "Itatayo Ko," paano natupad 209-212; pader na naghihiwalay, sa mga Hudyo at sa mga Hentil 249-250; paglaganap ng liwanag ng, doon sa Pista ng mga Tabernakulo 665; niluluwalhati ng mga bata si Kristo doon sa 846-847; pagdalaw ng mga Griyego kay Kristo doon sa 897; pagsaksi ng Diyos kay Kristo doon sa 901-903; pagwawakas ng pagtuturo ni Kristo doon sa 876, 893-894; huling paglisan Niya sa 905; tabing ng, nahapak nang mamatay si Kristo, at nakaal-pas ang ihahandog 1105-1106, 1131; maysakit at nag-babata itinaboy mula sa, pagkamatay ni Kristo 1133-1134; pagkagiba ng, hinulaan 825-826, 906.

*Templo ng mga Samaritano* 241-242.

*Tiktik mga*, minamatyagan si Kristo 283, 357-358, 361-362,
[1285] 387-393, 422, 559, 650, 862.

*Tinapay at isda*, kababalaghan ng 517, 575, aral na espirituwal ng 517-526, 542-543; dumami sa mga kamay ni Kristo 523, labis na, iniuwi ng mga tao sa kanilang mga tahanan 520-521.

*Tinapay*, si Kristo ang tunay na 542; Tinapay ng Buhay, tumatanggap upang magbigay 521, 522, pagkain ng, talinghagang ginamit ng mga rabi 542, kahulugan ng 542-551.

*Tinig ng Diyos*, nang binyagan si Kristo 132, 137; nagpa-pahayag ng ating pagigin-dapat kay Kristo 133-134; doon sa pagbabagong-anyo 606-607; doon sa templo 903; sa pamamagitan ni Kristo sa mga Hudyo ay tinig ng iba 282.

*Tinig*, ninanasa ng mga anghel na gamitin para kay Kristo ang ating mga 408.

*Tipan ng pagtubos*, pinagtibay nang umakyat si Kristo sa langit 1155, 1221.

*Tiro at Sidon*, si Kristo nasa sa hangganan ng 566.

*Titik ni Kristo sa kalikasan* 12-13, 73-74.

*Titik sa itaas ng krus* 1089-1090.

*Titulo mga*, 880-881.

*Tomas*, pakikitungo ni Kristo sa pag-aalinlangan ni 1175-1178.

*Tubig na buhay*, si Kristo ang tagapagbigay ng 238-239.

*Tubig*, ng buhay, si Kristo ang bukal ng 239, 649; paglalakad ni Kristo sa 533.

*Tugtugan*, sa gitna ng mga Hudyo 82-83, 640-641, 665 (tingnan ang AWITAN).

*Tukso*, kay Kristo, noong bata pa 75-76, 137, 1110; doon sa ilang 135; sa huling paglalakbay mula sa Galilea 698699; doon sa Gethsemane 997-999, 1002-1004; doon sa krus 1100; upang gamitin ang maka-Diyos na kapang-yarihan 142-143, 1016; maaaring pahinuhod sa 100, 139, 160, 511-512, itinulad doon sa, kay Adan at Eba 138-142, kay Moises at kay Elias 145-146, pagpapahiwatig ng kawalan ng tiwala 141-142, 153; nang kasalukuyang napakahina [1286] 145-146; isang pang-akit, sa gana sa pagkain 139-140; na ibigin ang pagtatanghal na nauuwi sa kayabangan 138, 153, 155, 1016; na ibigin ang kapangyarihan ng sanlibutan 158-159, 594; katulad ng itinukso sa tao 145, 147-148, 153, 156, 158, 594; pangangahas sa panig ng 114-115, 135, 154-156. 1029-1031; paano nilabanan 18, 145-151, 153-154, 156, 158-159, 510-512, 613-614, 707; hangarin ng Diyos sa 76, 156.

*Tulong sa lahat ng nagsisihanap* 432-433.

*Tunggalian ni Kristo at ni Satanas*, pasimula ng 14, naging bunga ng 20-22, 56-58, 902, 1107, 1112-1113, 11181119; sa sanlibutang ito 135-138; nang buong buhay ni Kristo 139-140, 342-343, 1107-1113; inuulit sa puso ng mga tao 138; ang huling labanan ng 1114-1119; pakikilahok ng mga tagasunod ni Kristo sa 494.

*Ubas*, puno ng, Israel 983; si Kristo ang tunay na 982-987.

*Ulap*, ng kaluwalhatian doon sa pagbabagong-anyo 606-607; haliging, sa ilang, si Kristo nasa 637; ng mga anghel, tinanggap si Kristo sa Kaniyang pag-akyat sa langit 1217-1218.

*Utang-na-Loob*, isang pagpapala ang pagkilala ng 486-487; kalugodlugod kay Jesus 805-806, 810.

*Walang kabuluhang pagtuligsa sa banal na turo*, panganib ng 449-450; hinahatulan ang kaniyang sarili 673-674; nasasarhan ang pinto ng pagkaunawa 170, 837-840; paano sinagupa ni Kristo 650-651.

*Wika*, kaloob ng mga, nakabuti sa mga alagad 1199.

*Zacarias na propeta*, pagpatay kay 892.

*Zacarias*, doon sa templo, pagkikipag-usap sa anghel 108-111,
[1287] di-paniniwala ni 109-110, itinulad kay Abraham at kay Maria 110.

*Zarephath*, babaing bao ng, bakit bukod-tanging nilingap 314-315.

*Zaqueo*, ang maniningil ng buwis, pagkahikayat ni, sa pamamagitan ng pangangaral ni Juan Bautista 788-789, nagpasimulang isauli 789, 792, pakikipagtagpo kay Jesus 791, katunayan ng pagsisisi 792.